*MAAARI MONG MAUNAWAAN ANG BIBLIYA!*

# *AngTalambuhay at Mga Sulat ng Minamahal na Alagad: Ang Ebanghelyo ni Juan, I, II at III Juan*

BOB UTLEY
PROPESOR NG HERMENEUTICS
(BIBLICAL INTERPRETATION)

*KALIPUNAN NG KOMENTARYONG GABAY SA PAG-AARAL*
*BAGONG TIPAN, IKA-4 NA TOMO*

BIBLE LESSONS INTERNATIONAL, MARSHALL, TEXAS
2011

# TALAAN NG MGA NILALAMAN

Isang Pananalita Mula sa May-akda: Paano Makakatulong ang Komentaryong Ito Sa'yo? .................. i

Isang Gabay para sa Mabuting Pagbasa ng Bibliya:

Isang Pansariling Paghahanap Para sa Mapapatunayang Katotohanan ........................... iii

Komentaryo;

Panimula sa Aklat ni Juan ........................................................ 1

Juan 1 ........................................................ 8

Juan 2 ........................................................ 37

Juan 3 ........................................................ 49

Juan 4 ........................................................ 68

Juan 5 ........................................................ 86

Juan 6 ........................................................ 99

Juan 7 ........................................................ 123

Juan 8 ........................................................ 135

Juan 9 ........................................................ 149

Juan 10 ........................................................ 157

Juan 11 ........................................................ 166

Juan 12 ........................................................ 179

Juan 13 ........................................................ 193

Juan 14 ........................................................ 203

Juan 15 ........................................................ 220

Juan 16 ........................................................ 229

Juan 17 ........................................................ 239

Juan 18 ........................................................ 250

Juan 19 ........................................................ 263

Juan 20 ........................................................ 275

Juan 21 ........................................................ 285

Panimula sa I Juan ........................................................ 291

I Juan 1 ........................................................ 296

I Juan 2 ........................................................ 306

I Juan 3 ........................................................ 321

I Juan 4 ........................................................ 340

I Juan 5 ........................................................ 349

II Juan ........................................................ 362

III Juan ........................................................ 369

Dagdag na Dahon Isa: Mga Maiikling Kahulugan Ng Mga Griyegong Salatang Pang-Balarila ............... 377

Dagdag na Dahon Dalawa: Tekstwal Na Pagsusuri ........................................... 385

Dagdag na Dahon Tatlo: Talahulunganan ........................................... 388

Dagdag na Dahon Apat: Pangdoktrinang Pamamahayag ........................................... 396

# MGA SULAT NI JUAN
# NATATANGING PAKSA TALAAN NG MGA NILALAMAN


Pasimula (*Archē)*, Juan 1:1 11
Ang Anghel ng Panginoon, Juan 1:5 12
Pananampalataya, Maniwala, Pagtitiwala, Juan 1:7 14
Patotoo kay Jesus, Juan 1:8 15
Makilala, Juan 1:10 16
Laman (*sarx*), Juan 1:14 18
Kaluwalhatian (*doxa*), Juan 1:14 18
Kagandahang-Loob (*hesed*), Juan 1:14 19
Maniwala, Magtiwala, Manampalataya, at Katapatan sa Lumang Tipan, Juan 1:14 20
Mga Pananaw ni Pablo sa Kautusan ni Moses, Juan 1:17 23
Mga Fariseo, Juan 1:24 27
Ang Tsart ang mga Pangalan ng Apostol, Juan 1:45 32
Hesus ang Nazareno, Juan 1:45 33
Amen, Juan 1:51 34
Ang mga Langit, Juan 1:51 35
Alak at Malalakas na Inumin, Juan 2:3 39
Mga Sinaunang Near Eastern na Timbang at Dami, Juan 2:7 41
Ang Paskwa, Juan 2:13 44
Ang Paggamit ni Juan sa Pandiwa ng "Manampalataya", Juan 2:23 47
Ang Sanhedrin, Juan 3:1 50
Ang Kaharian ng Diyos, Juan 3:3 53
Hininga, Hangin, Espiritu, Juan 3:8 55
Inilarawan Ang Diyos Bilang Isang Tao (Antropomorpik Na Wika), Juan 3:16 57
Predestinasyon (Calvinism) Laban Sa Malayang Pagpili Ng Tao (Arminianism), Juan 3:16 58
Tatak, Juan 3:33 66
Kapootang Panlahi, Juan 4:4 70
Propesiya ng Lumang Tipan, Juan 4:19 74
Propesiya ng Bagong Tipan, Juan 4:19 77
Ang Ama, Juan 4:23 80
Mesias, Juan 4:25 80
Ang Kalooban ng Diyos, Juan 4:34 82
Pagpapagaling, Juan 5:14 89
Ang Walang Kapatawarang Kasalanan, Juan 5:21 91
Ipinadala (*Apostellō*), Juan 5:24 92
Ang Oras, Juan 5:25 93
Ang *Kerygma* ng Sinaunang Iglesiya, Juan 5:39 96
Mga Baryang Ginamit sa Palestina Sa Panahon ni Hesus, Juan 6:7 102
Ang Bilang na Labindalawa, Juan 6:13 103
Ang mga Pangalan sa Pagk-Diyos, Juan 6:20 104
Kristyanong Katiyakan, Juan 6.37 110
Katotohanan, Juan 6:55 114
Magpakailanman ('*olam)*, Juan 6:58 115
Ang Pag-Akyat sa Langit, Juan 6:62 117

Espiritu (*Pneuma,* sa NT), Juan 6:63 118
Apostasya o Pagtalikod sa Pananampalataya, Juan 6:64 119
Pagiging Matapang (*Parrhēsia*), Juan 7:4 125
Ang Demonyo (Masamang Espiritu), Juan 7:20 128
Ang Pangangailangan ng Pagtitiis, Juan 8:31 142
Nostisismo, Juan 8:40 144
Ang Griyegong Pandiwa na nga Pamanahon na Ginamit para sa Kaligtasan, Juan 9:7 152
Pagpapahayag ng Kasalanan, Juan 9:22-23 153
Pagkawasak (*Apollumi*), Juan 10:10 159
Ang Pagpapahid sa Bibliya, Juan 11:2 168
Mga Kagawiang Pagdadalamhati, Juan 11:20 170
Ang mga Babae sa Bibliya, Juan 11:28 172
Mga Kagawiang Paglilibing, Juan 11:44 175
Personal na Kasamaan, Juan 12:31 187
Digmaan sa Langit, Juan 12:31 188
Ang Puso, Juan 12:40 190
Ang Gamit ng "Utos" sa mga Sulat Ni Juan, Juan 12:50 192
Ang Pagkakaayos ng Paglilingkod sa Paskuwa sa Unang Siglong Judaismo, Juan 13:2 196
Iscariote, Juan 13:26 199
Nasaan ang mga Patay?, Juan 14:3 206
Mabisang Panalangin, Juan 14:13-14 210
Ang Pangalan ng Panginoon, Juan 14:13-14 211
Si Hesus at Espiritu, Juan 14:16 212
*Kosmo (*Sanglibutan), Juan 14:17 213
Sa Araw na Ito, Juan 14:20 214
Ang Trindad, Juan 14:26 216
Ang Persona ng Espiritu, Juan 14:26 217
Kapayapaan, Juan 14:27 218
Apoy, Juan 15:6 223
Pagbibigay Liwanag o Iluminasyon, Juan 16:13 233
Eleksiyo o Paghirang, Juan 17:2 241
Monoteismo, Juan 17:3 242
Sa mga Kasulatan ni Juan, Juan 17:3 243
Banal, Juan 17:11 245
Eleksyon/ Predestinasyon at Ang Pangangailangan para sa Teolohikong Balanse, Juan 18:2 253
Si Hesus ang Nazareno, Juan 18:5 254
Praetoriang Gwardiya, Juan 18:28 258
Pontio Pilato, Juan 18:29 259
Ang mga Babaing Sumunod kay Hesus, Juan 19:25 270
Pabangong Panlibingan, Juan 19:39 273
Mga Pagpapakita ni Hesus Pagkatapos ng Muling Pagkabuhay, Juan 20:16 278
Anyo (*Tupos*), Juan 20:25 281
Juan 1 na inihambing sa I Juan 1, I Juan 1:1 298
*Koinōnia*, I Juan 1:3 300
Ang Kristiyanismo ay Pangsamahan, I Juan 1:3 300
"Pananatili" sa mga Kasulatan ni Juan, I Juan 2:10 310
Makikilala, I Juan 2:13 313

| | |
|---|---|
| Pamahalaan ng Tao, I Juan 2:15 | 314 |
| Ang Panahong Ito at Ang Darating na Panahon, I Juan 2:17 | 316 |
| Ang Isang Banal, I Juan 2:20 | 318 |
| Mga Salita sa NT Para sa Pagbabalik ni Kristo, I Juan 2:28 | 323 |
| Katuwiran, I Juan 2:29 | 324 |
| Bagong Tipan Na Katibayan para Kaligtasan ng Isa, I Juan 3:1 | 327 |
| Pagiging Banal, I Juan 3:5 | 330 |
| Ang Anak ng Diyos, I Juan 3:8 | 331 |
| Panalangin, Walang Limitasyon Subalit Limitado, I Juan 3:22 | 336 |
| Dapat bang Humatol ang mga Kristiyano sa Isa't-isa?, I Juan 4:1 | 341 |
| Mga Griyegong Salita Para Sa Pagsusuri At Kanilang Mga Kahulugan, I Juan 4:1 | 342 |
| Pang-Ebanghelyong Pagkiling ni Bob, I Juan 4:15 | 347 |
| Katiyakan, I Juan 5:13 | 354 |
| Ang Panalangin ng Pamamagitan, I Juan 5:14 | 355 |
| Ang ang Kasalanang patungo sa Kamatayan?, I Juan 5:16 | 358 |
| Ang Matanda, II Juan v. 1 | 364 |
| Iglesiya (*Ekklesia*), III Juan v. 6 | 373 |

# Isang Pananalita Mula sa May-akda: Paano Makakatulong Ang Komentaryong Ito Sa'yo?

Ang pagpakahulugan sa Bibliya ay isang rasyonal at espiritwal na pamamaraang nagtatangkang maunawaan ang isang sinaunang manunulat na pinagkalooban ng inspirasyon sa pamamagitan ng isang paraang ang mensahe mula sa Diyos ay maaaring maintindihan at maisabuhay sa ating panahon..

Ang pamamaraang espiritwal ay napakamahalaga ngunit mahirap bigyan-kahulugan. Kinasasangkutan ito ng pagpapahinuhod at pagiging bukas sa Panginoon. Narapat na magkaroon ng pagkauhaw (1) para sa Kanya, (2) para kilalanin Siya, at (2) para paglingkuran Siya. Ang pamamaraang ito ay nangangailangan ng panalangin, paghingi na kapatawaran, at kagustuhang magbago sa uri ng pamumuhay. Ang Espiritu ay napakamahalaga sa pamamaraang pagpakahulugan, ngunit kung bakit magkakaiba ang pagkakaintindi ng mga Kristyanong matapat, maka-Diyos ay isang hiwaga.

.

Ang pamamaraang makatwiran ay mas madaling ilarawan. Dapat tayong hindi pabagu-bago at maging makatarungan sa tala at hindi dapat naiimpluwensyahan ng ating mga personal o pangpangkat na pagkiling. Lahat tayo ay hinuhubog ng kasaysayan. Walang nabibilang sa ating tapapagpakahulugang obhektibo, walang-kinikilingan. Ang komentaryong ito ay naghaharap ng isang maingat na pamamaraang makatwiran na naglalaman ng tatlong mga saligan ng pagpakahulugan na ibinalangkas upang makatulong sa ating malampasan ang ating mga pagkiling.

**Unang Saligan**

Ang unang saligan ay ang pagbigay-pansin sa tagpuang pangkasaysayan na pinagsulatan ng aklat pambibliya at ang tiyak na kaganapang pangkasaysayan ng pagkasulat nito. Ang orihinal na may-akda ay mayroong layon, isang mensaheng nais ibahagi. Ang tala ay hindi maaring maging makahulugan sa atin nang hindi ito ang ipinakakahulugan ng may-akda na orihinal, sinauna, pinagkalooban ng inspirasyon. Ang kanyang layunin ang pinakasusi – hindi ang ating pangangailangang pangkasaysayan, pandamdamin, pangkultura, pansarili, o pangpangkat. Ang pagsasabuhay ay isang napakahalagang katambal ng pagpapakahulugan, ngunit ang maayos na pagpapakahulugan ay dapat na laging mauna sa pagsasabuhay. Narapat idiing muli na ang bawat tekstong pambibliya ay may isa at nag-iisang pakahulugan lamang. Ang kahulugang ito ang siyang layunin ng orihinal na may-akdang pambibliya na nais ipahayag sa kanyang panahon sa pamamagitan ng pamumuno nang Espiritu. Itong nag-iisang kahulugang ito ay mayroong maraming maaaring pagsasabuhay sa iba't-ibang kultura at mga kalagayan. Ang mga pagsasabuhay na ito ay dapat iugnay sa pangunahing katotohanan ng orihinal na may-akda. Sa dahilang ito, ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang magkaloob ng isang panimula sa bawat aklat ng Bibliya.

**Pangalawang Saligan**

Ang pangalawang saligan ay ang pagkilala sa mga pampanitikang yunit. Ang bawat aklat pambibliya ay isang pinag-isang dokumento. Ang mga tagapagpakahulugan ay walang karapatang ihiwalay ang isang aspeto ng katotohanan sa pamamagitan ng hindi pagsama sa iba. Kung sa gayon, dapat nating pagsumikapang intindihin ang layon ng buong aklat pambibliya bago natin ipakahulugan ang bawat pampanitikang mga yunit. Ang bawat bahagi—mga Kabanata, talataan, o talata- ay hindi maipapakahulugan kung hindi iyon ang ibig sabihin ng kabuuang yunit . Ang pagpakahulugan ay dapat magmula sa pangkabuuang pagdulog o *deductive approach* patungo sa pantiyakang pagdulog o *inductive approach*. Kaya, itong komentaryo sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mga mag-aaral na suriin ang pagkakabalangkas ng bawat pampanitikang yunit sa pamamagitan ng mga talata. Ang mga pagbabahagi ng talata at Kabanata ay hindi inspirado, ngunit ang mga ito ay makakatulong sa atin upang kilalanin ang mga yunit ng kaisipan.

Ang pagsalin sa antas ng talata—hindi sa antas ng pangungusap, sugnay, parirala, o salita—ay ang susi upang masundan ang hinangad na kahulugan ng may-akdang pambibliya. Ang mga talata ay nakabatay sa pinag-isang paksa, kalimitang tinatawag na paksa o paksang pangungusap. Ang bawat salita, parirala, sugnay, at pangungusap sa isang talata ay umuugnay kahit na papano sa pinag-isang paksang ito. Nililimita nila ito, pinalalawak ito, pinaliliwanag ito, at/o pinagtatanungan ito. Ang tunay na susi sa maayos na pagpakahulugan ay ang pagsunod sa kaisipan ng orihinal na may-akda sa pamamagitan ng batayang talata-sa-talata na pumaparaan sa bawat mga pampanitikang yunit na bumubuo ng aklat pambibliya. Ang komentaryong ito sa gabay ng pag-aaral ay itinalaga upang makatulong sa mag-aaral na gawin iyon sa pamamagitan ng paghahambing ng mga makabagong mga pagsalin sa Ingles. Ang mga pagsasaling ito ay pinili dahil sa ang mga ito ay gumagamit ng iba't-ibang palagay sa pagsalin:

1. Ang tekstong Griyego ng United Bible Society ay ang iniwastong ikaapat na edisyon (UBS$^4$). Ang tekstong ito ay iisinatalata ng mga makabagong pangtekstong iskolar.
2. Ang New King James Version (NKJV) ay isang pagsasaling literal na salita-sa-salita batay sa tradisyon ng kasulatang Griyego na kilala bilang Textus Receptus. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay mas mahaba kaysa

ibang mga pagsasalin. Ang mahahabang yunit nito ay nakakatulong sa mag-aaral na mahanap ang pinag-isang mga paksa.

3. Ang New Revised Standard Version (NRSV) ay isang binagong pagsasaling salita-sa-salita. Ito ay nagiging panggitna sa sumusunod na dalawang makabagong bersyon. Ang pagkakahati ng mga talata nito ay nakakatulong sa pagkilala ng mga paksa.
4. Ang Today's English Version (TEV) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling inilathala ng United Bible Society. Hinahangad nitong isalin ang Bibliya sa isang paraang ang isang makabagong mambabasa o tagapagsalita sa Ingles ay maiintindihan ang kahulugan ng tekstong Griyego. Kadalasan, lalo na sa mga Ebanghelyo, hinahati nito ang mga talata ayon sa nagsasalita kaysa ayon sa paksa, katulad ng NIV. Para sa mga llayon ng tagapagpakahulugan, hindi ito nakakatulong. Kapansin-pansing ang parehong UBS[4] at TEV ay inilathala nang parehong pangkat, gayon pa man ang kanilang pagsasatalata ay magkakaiba.
5. Ang New Herusalem Bible (NJB) ay isang magilas na katumbas na pagsasaling nakabatay sa pagsasaling Pranses na Katoliko. Ito ay higit na nakakatulong upang maihambing ang pagsasatalata mula sa pananaw ng taga-Europa.
6. Ang nakaimprentang tala ay ang 1995 Updated New American Standard Bible (NASB), na isang pagsasaling salita-sa-salita. Ang talata sa talatang mga komentaryo ay sumusunod sa ganitong pagsasatalata.

**Pangatlong Saligan**

Ang pangatlong saligan ay ang pagbabasa ng Bibliya sa iba't-ibang pagsasalin upang magagap ang pinakamalawak na maaaring saklawin ng kahulugan (semantikong larangan) na mayroon ang mga pambibliyang salita o parirala. Kalimitan ang isang parirala o salitang Griyego ay maaaring maunawaan sa ilang paraan. Ang mga itong ibat'-ibang pagsasalin ay naghaharap nitong mga mapagpipilian at makatutulong upang makilala at maipaliwanag ang mga pagkakaiba ng mga kasulatang Griyego. Hindi nakakaapekto ang mga ito sa doktrina, ngunit nakakatulong ang mga ito sa atin upang subukang makapanumbalik sa orihinal na tekstong sinulat ng isang inspiradong sinaunang manunulat.

Ang komentaryong ito ay naghahandog ng isang mabilis na paraan para sa mag-aaral upang makita kung tama ang kanyang mga pagbibigay ng kahulugan. Ito ay hindi pang kahulugan lamang, ngunit ito'y pagbibigay-kabatiran at pamukaw-isip. Kadalasan, ang ibang maaaring pakahulugan ay makakatulong sa atin na hindi lubusang maging pang-parokya, pang-doktrina, at pang-denominasyon. Ang tagapagpaliwanag ay kailangang magkaroon ng isang mas malawak na saklaw ng mapagpipiliang pagpapaliwanagan upang makilala kung papaanong may iba't-ibang kahulugan ang mga sinaunang kasulatan. Ito ay kagulat-gulat na kung paanong may kakaunting pagkakasunduan sa mga Kristiyano na nag-aangkin na ang Bibliya bilang kanilang pinanggagalingan ng katotohanan.

Ang mga saligang ito ay nakatulong sa akin upang madaig ang marami sa aking nakapamihasnan sa kasaysayan nang sapilitan kong pagsumikapan ang sinaunang tala. Hinahangad ko na sana ay magsilbi rin itong isang pagpapalà sa inyo.

Bob Utley
East Texas Baptist University
June 27, 1996

# ISANG GABAY PARA SA MABUTING PAGBASA NG BIBLIYA: ISANG PANSARILING PAGHAHANAP PARA SA MAPAPATUNAYANG KATOTOHANAN

Maaari ba nating mapag-alaman ang katotohanan? Saan ito matatagpuan? Maaari ba natin itong mapatotohanan sa pamamagitan nang pangangatwiran? Mayroon bang pinakapangunahing awtoridad? Mayroon bang ganap na katotohanang maaaring gumabay sa ating buhay, sa ating mundo? Mayroon bang kahulugan ang buhay? Bakit tayo naririto? Saan tayo patutungo? Mga tanong na ito—mga tanong na pinagninilayan ng lahat ng mapagkatwirang tao—ay palaging naglulumagi sa kanilang katalinuhan mula pa sa simula ng panahon (Ecclesiastes 1:13-18; 3:9-11). Natatandaan ko pa ang aking panariling paghahanap para sa isang makapagbubuong lunduyan ng aking buhay. Ako ay naging isang tagapaniwala ni Kristo sa pagkabata, batay sa aking nasaksihan sa ibang kamag-anak na malapit sa akin. Habang ako ay tumatanda, ang mga katanungan sa aking sarili at sa aking mundo ay dumami rin. Ang mga payak na kapalasakáng pangkultura at panrelihiyoso ay hindi na naging makahulugan sa mga karanasang aking nabasa o nakaharap. Iyon ay panahon nang pagkalito, paghahanap, pananabik, at madalas na pakiramdam ng kawalan ng pag-asa sa harap ng napakamanhid, napakahirap na mundo na aking ginagalawan.

Maraming nagsasabing may sagot sila sa mga pinakapangunahing katanungang ito, ngunit pagkatapos ng pananaliksik at pagninilay-nilay ay aking natuklasan na ang kanilang mga kasagutan ay batay sa (1) mga panariling pilosopiya, (2) mga sinaunang alamat, (3) mga panariling karanasan, o (4) mga sikolohikal na proteksiyon. Nangailangan ako nang ilang antas ng pagpapatotoo, ilang katibayan, ilang pangatngatwiran na pagbabatayan ko ng aking pananaw sa mundo, ang aking makapagbubuong lunduyan, ang aking dahilan upang mabuhay.

Natuklasan ko ang mga ito sa aking pag-aaral ng Bibliya. Nagsimula ako sa paghahanap ng katibayan ng pagiging mapagkakatiwalaan nito, na aking nakita sa (1) kasaysayang pinanghahawakan ng Bibliya na pinatotoo ng arkilohiya, (2) ang kawastuan ng mga paghula sa Lumang Tipan, (3) ang kaisahan ng mga mensahe sa Bibliya sa loob ng nakaraang labing-anim na raang taong produksyon nito, at (4) mga sariling patotoo ng mga taong ang kanilang buhay ay tuluyang binago matapos mapag-alaman ang Bibliya. Ang Kristiyanismo, bilang isang nagbubuklod na sistema ng pananampalataya at paniniwala, ay may kakayanang matugunan ang mga masalimuot na mga katanungan sa buhay ng tao. Hindi lamang ito nakapagkaloob ng isang makatwirang balangkas, kundi ng aspetong pangkaranasan ng pananampalatayang pambibliya na nagdulot sa akin ng walang-hanggang kaligayahan at kapanatagan.

Inakala ko na natagpuan ko na ang mapagbuong lunduyan ng aking buhay—si Kristo, na mapag-uunawaan sa pamamagitan ng mga Banal na Kasulatan. Iyon ay naging mapagbigay-diwang karanasan, isang pagpapalaya ng nararamdaman. Ngunit, natandaan ko pa ang pagkabigla at sakit noong aking simulang matanto kung gaano karami ang iba't-ibang pagpakahulugan nitong aklat ang tinatangkilik, minsan sa loob ng parehong simbahan at samahan ng pag-iisip o school of thought. Ang pagpapatibay ng inspirasyon at pagkamapagkatiwalaan ng Bibliya ay hindi ang katapusan, kundi simula lamang. Paano ko patotohanan o tatanggihan ang nagkakaiba at nagkakasalungatang mga pagpakahulugan ng maraming mahihirap na pahayag sa Banal na Kasulatan ng mga nagsasabing sa kanila ang paniniwalaan at pagkakatiwalaan?

Ang gawaing ito ay naging layon ng aking buhay at paglalakbay sa pananampalataya. Alam kong ang aking pananampalataya kay Kristo ay (1) nakapagbigay sa akin ng labis na kapayapaan at kaligayahan. Ang aking isipan ay nangulila sa paghahanap ng ilang ganap na katotohanan sa gitna ng aking walang katiyakang kultura (pagkatapos ng modernidad o post-modernity); (2) ang pagiging makitid sa paniniwala nang mga nagtatalong sistemang panrelihiyon (mga relihiyon ng mundo); at (3) pagka-arogante ng kinabibilangang sekta. Sa aking paghahanap ng mga maaaring pagdulog sa pagpakahulugan ng sinaunang literatura, nagulat ako nang mapag-alaman ang aking mga pagkiling sa sariling kasaysayan, kultura, sekta at karanasan. Madalas kong binasa ang Bibliya upang pagtibayin lang ang aking panariling mga pananaw. Ginamit ko itong batis ng dogma para atakihin ang iba habang iginigiit muli ang aking sariling mga pagkabuway at pagkukulang. Napakasakit nitong tanggapin ang katotohanan sa sarili!

Bagamat hinding-hindi ako maaring ganap na maging obhektibo , maari akong maging mas mabuting mambabasa ng Bibliya. Maari kong ilimita ang aking mga pagkiling sa pamamagitan ng pagkilala at pagtanggap na nariyan ang mga ito. Hindi pa ako malaya sa mga ito, ngunit naharap ko na ang aking mga sariling kahinaan. Ang tagapagpakahulugan ay malimit na pinakamatinding kalaban ng mabuting pagbasa ng Bibliya!

Hayaan ninyong ilista ko ang ilang mga pagpapalagay na aking inihaharap sa aking pag-aaral ng Bibliya upang ikaw, ang mambabasa, ay maaaring suriin ito nang kasama ko:

**I. Mga Pagpapalagay**

A. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay ang kaisa-isang inspiradong pagpapahayag ng sarili ng nag-iisang totoong Panginoon. Kung sa gayon, ito ay dapat ipakahulugan batay sa hinahangad ng orihinal na banal na may-akda (ang Espiritu) sa pamamagitan nang isang taong manunulat sa isang natatanging tagpuang pangkasaysayan.

B. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay sinulat para sa karaniwang tao-para sa lahat ng tao! Ang Panginoon ay pinagbigyan ang Kanyang Sarili upang magsalita nang malinaw sa atin sa loob ng isang kontekstong pangkasaysayan at pangkultura. Ang Panginoon ay hindi nagtatago ng katotohanan-Siya ay nagnanais na maunawaan natin! Kaya, ito ay dapat isalin ayon sa kanyang panahon, hindi nang sa atin. Ang Bibliya ay hindi dapat mangangahulugan sa atin kung hindi ito naging ganoon ang kahulugan sa mga unang nagbasa o nakarinig dito. Ito ay maiintindihan ng karaniwang isip ng tao at

gumagamit ng normal na mga uring pangkomunikasyon at pamamaraan ng tao.

C. Ako ay naniniwalang ang Bibliya ay may pinag-isang mensahe at layon. Hindi nito sinasalungat ang sarili, kahit na ito ay naglalaman ng mahirap at balintunang mga sulatin. Kaya, ang pinakamagaling na tagapagpakahulugan ng Bibliya ay ang Bibliya mismo.

D. Ako ay naniniwalang ang bawat sinulat (hindi kasama ang mga paghuhula) ay may isa at nag-iisang kahulugan lamang batay sa hangarin ng orihinal, inspiradong may-akda. Gayong wala tayong ganap na katiyakan na alam natin ang hangarin ng orihinal na may-akda, maraming panandang nagpapakita ng ganoong tunguhin:
1. ang anyo (uring pampanitikan) na napili sa pagpahayag ng mensahe
2. ang tagpuang pangkasaysayan at/o tiyak na okasyon na nag-udyok ng pagsusulat
3. ang kontekstong pampanitikan ng kabuuang aklat pati na ang bawat yunit na pampanitikan
4. ang disenyo ng teksto (balangkas) ng mga yunit na pampanitikan habang ang mga ito ay umuugnay sa kabuuang mensahe
5. ang mga tiyak na katangiang panggramatika na ginamit sa pagpapaabot ng mensahe
6. ang mga salitang pinili upang maiharap ang mensahe
7. mga kaagapay na pahayag/talata

Ang pag-aaral sa bawat bahaging ito ay nagiging paksa ng ating pag-aaral ng isang sulatin. Bago ko ipaliwanag ang aking metodolohiya para sa mabuting pagbasa ng Bibliya, hayaan ninyo akong maglahad ng pagkakaiba ng ilang hindi naaayong pamaraang ginagamit ngayon na naging dahilan ng labis na pagkakaiba sa pagpakahulugan, at kung sa gayon ay dapat iwasan:

**II. Mga Hindi Naaayong Pamaraan**

A. Ang pagbabalewala sa kontekstong pampanitikan ng mga laklat ng Bibliya at paggamit sa bawat pangungusap, sugnay, o maging ng bawat salita bilang mga pagpapahayag ng katotohanang walang kaugnayan sa hangarin ng may-akda o sa mas malawak na konteksto.


B. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pagpapalit ng karapat-dapat na tagpuang pangkasaysayan na kaunti o walang suporta mula sa teksto mismo.

C. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat at pagbabasa nito katulad ng pang-umagang lokal na diyaryo na pangunahing isinulat para sa mga makabagong indibidwal na Kristiyano.


D. Ang pagbabalewala sa tagpuang pangkasaysayan ng mga aklat sa pamamagitan ng pag-aalegorya ng teksto sa isang mensaheng pampilosopiya/teolohikal na walang ganap na kaugnayan sa mga unang nakarinig at hangarin ng orihinal na may-akda.

E. Ang pagbabalewala sa mensaheng orihinal sa pamamagitan ng pagpalit ng sariling sistemang teolohiya, paboritong doktrina, o isyung pangkasalukuyan na walang kaugnayan sa orihinal na hangarin ng may-akda at ng nakasaad na mensahe. Ang penomenong ito ay kalimitang kasunod ng paunang pagbasa ng Bibliya bilang isang paraan ng pagpatibay sa awtoridad ng tagapagsalita. Ito ay kadalasang tinatawag bilang “tugon ng mambabasa” o reader response (pagpakahulugang “ano-ang-pakiwari-ko-sa-teksto”).

Mayroong di bababa sa tatlong magkakaugnay na sangkap ang makikita sa lahat ng nakasulat na komunikasyon ng tao:




Sa nakaraan, ang iba’t-ibang pamamaraan ng pagbasa ay nakasentro lamang sa isa sa mga tatlong sangkap. Ngunit upang tunay na maipagtibay ang natatanging inspirasyon ng Bibliya:



Sa katotohanan, ang lahat ng tatlong sangkap ay dapat sinasama sa proseso ng pagpakahulugan. Para sa layong pagpapatotoo, ang aking pagpapakahulugan ay nakasentro sa palaging pag-tsek sa ating mga motibo, pagkiling, pamamaraan, at pagsasabuhay. Ngunit paano natin tse-tsekin ang mga ito kung walang hangganan sa mga pagpapakahulugan, walang limitasyon, walang sukatan? Sa ganito nakapagbibigay sa akin ang hangarin ng may-akda at istrukturang panteksto ng ilang sukatan para sa paglilimita ng sakop ng mga maaaring pagpapakahulugan na balido.

Sa gitna nitong mga hindi umaayong pamamaraan ng pagbasa, ano ang ilang maaaring pagdulog para sa mabuting pagbasa ng Bibliya at pagpakahulugan na makapaghaharap nang malapit sa pagpapatotoo at hindi pabagu-bago?

## III. Mga Maaaring Pagdulog para sa Mabuting Pagbasa Ng Bibliya

Sa puntong ito ay hindi ko tinatalakay ang mga bukod-tanging pamamamaraan ng pagpakahulugan ng mga tiyak na anyo ngunit sa panlahatang mga saligang hermeniyutiko na may pinagsaligan para sa lahat ng uri ng tekstong pambibliya. Ang magandang aklat para sa tiyak-sa-anyong mga pagdulog ay ang *How To Read The Bible For All Its Worth*, nina Gordon Fee and Douglas Stuart, inilathala ng Zondervan.

Ang aking pamaraan ay tumutukoy sa umpisa sa mambabasa na makapagbibigay-daan sa Banal na Espiritu na bigyang-liwanag ang Bibliya sa pamamagitan ng apat na personal na tapusang pagbasa. Ito ay ginagawang pangunahin ang Espiritu, ang teksto at ang mambabasa , hindi pumapangalawa lamang. Ito ay magpoprotekta rin sa mambabasang maimpluwensyahan ng mga taga-komentaryo. Narinig ko na ang pagkasabing: "Ang Bibliya ay puspos na nakapagbibigay-liwanag sa mga komentaryo." Hindi ito nangangahulugang isang punang nakapagpapababa tungkol sa mga pantulong sa pag-aaral, kundi sa halip ay isang panawagan para sa napapanahong kaangkupan ng kanilang paggamit.

Narapat na maaari nating suportahan ang ating mga pagpapakahulugan mula sa teksto mismo. Ang limang panukatan na makapaghaharap ng di bababâ sa limitadong pagpapatotoo:

1. ang orihinal na may-akda
   a. tagpuang pangkasaysayan
   b. kontekstong pampanitikan
2. ang orihinal na pinili ng may-akda sa
   a. mga istrukturang panggramatika (sintaks/palaugnayan)
   b. pangkasalukuyang gamit sa paggawa
   c. anyo
3. ang ating pag-intindi sa naaayong
   a. kaugnay na magkahanay na mga pahayag/talata
   b. pagkakaugnay ng mga doktrina (kabalintunaan)

Kailangan nating makapagbigay ng mga dahilan at katwiran sa likod ng ating mga pagpapakahulugan. Ang Bibliya ay ang ating kaisa-isang batis para sa pananampalataya at pagsasakilos. Ang nakakalungkot, ang mga Kristiyano ay kalimitang hindi nagkakasundo kung ano ang ituturo o papagtibayin. Nakapanlulumo ang pag-aangkin ng inspirasyon sa Bibliya at pagkatapos ay ang mga mananampalataya ay hindi nagkakasundo sa kung ano ang itinuturo nito at kinakailangan!

Ang apat na tapusang pagbasa ay dinisenyo upang makapagbigay ng sumusunod na mga kabatiran sa pagpakahulugan:

A. Ang unang tapusang ng pagbasa
   1. Basahin ang aklat sa isang upuan. Basahin ito muli sa ibang pagsasalin, sana mula sa isang naiibang teorya ng pagsasalin
      a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
      b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
      c. pagpapahawig (paraphrase)(Living Bible, Amplified Bible)
   2. Hanapin ang punong layon ng buong sulatin. Kilalanin ang tema nito.
   3. Ihiwalay (kung maaari) ang isang yunit na pampanitikan, isang Kabanata, isang talata o isang pangungusap na malinaw na nagpapahayag nitong punong layon o tema.
   4. Kilalanin ang nangingibabaw na anyong pampanitikan
      a. Lumang Tipan
         (1) salaysay na Hebreo
         (2) panulaang Hebreo (panitikan ng karunungan, salmo)
         (3) paghuhulang Hebreo (prosa, panulaan)
         (4) Mga pamkautusan na koda
      b. Bagong Tipan
         (1) Mga salaysay (mga Ebanghelyo, mga Gawa)
         (2) Mga parabula (mga Ebanghelyo)

(3) Mga liham/epistulo
(4) panitikang Apokaliptiko

B. Ang pangalawang tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang kilalanin ang mga pangunahing paksa.
2. Balangkasin ang mga pangunahing paksa at ihayag nang maikli ang nilalaman ng mga ito sa isang payak na pahayag.
3. Suriin ang iyong pahayag sa layon at masaklaw na balangkas kabilang ang mga gabay sa pag-aaral.

C. Ang pangatlong tapusang pagbasa
1. Basahin ang buong aklat muli, naghahanap upang makilala ang tagpuang pangkasaysayan at tiyak na okasyon para sa pagsusulat ng aklat ng Bibliya mismo.
2. Ilista ang mga pangkasaysayang bagay na binanggit sa aklat Bibliya
   a. ang may-akda
   b. ang petsa
   c. ang mga tagatanggap
   d. ang tiyak na kadahilanan ng pagsulat
   e. mga aspeto ng tagpuang pangkultura na kaugnay sa layon ng pagsulat
   f. mga sanggunian sa mga taong pangkasaysayan at kaganapan
3. Lawakan ang iyong balangkas sa antas na patalata para sa bahagi ng pambibliyang aklat na iyong ipinapakahulugan. Laging kilalanin at ibalangkas ang pampanitikang yunit. Ito ay maaaring ilang Kabanata o talata. Ito ay makakatulong sa iyo upang masundan ang pangangatwiran ng orihinal na may-akda at ang disenyo ng teksto.
4. Tsekin ang iyong tagpuang pangkasaysayang sa pamamagitan ng paggamit ng mga pantulong sa pag-aaral.

D. Ang pang-apat na tapusang pagbasa
1. Basahing muli ang tiyak na pampanitikang yunit sa iba't-ibang pagsasalin
   a. salita-sa-salita (NKJV, NASB, NRSV)
   b. dinamikong katumbas (TEV, JB)
   c. paghahawig (Living Bible, Amplified Bible)
2. Hanapin ang mga istrukturang pampanitikan o panggramatika
   a. mga inuulit na parirala, Eph. 1:6,12,13
   b. mga inuulilt na istrukturang panggramatika, Rom. 8:31
   c. magkakatambis na mga konsepto
3. Ilista ang mga sumusunod na bagay
   a. mga mahahalagang salita
   b. mga di-karaniwang salita
   c. mga mahahalagang istrukturang panggramatika
   d. mga tukoy na mahihirap na salita, sugnay, at pangungusap
4. Hanapin ang mga kaugnay na talatang magkahanay
   a. hanapin ang pinakamalinaw na talatang pampagtuturo sa iyong paska gamit ang
      (1) mga aklat ng "sistematikong teolohiya"
      (2) mga sangguniang Bibliya
      (3) mga pagkakatugma
   b. Hanapin ang isang pares na balintuna sa loob ng iyong paska. Maraming pambibliyang katotohanan ay inihaharap sa diyalektikong pares; maraming tunggalian ng mga sekta ay nagmumula sa pag-proof-talata ng kalahati ng isang pambibliyang tensiyon. Ang kalahatan ng Bibliya ay inspirado, at kailangan nating hanapin ang kumpletong mensahe nito para makapagbigay ng balanseng Banal na Kasulatan sa ating pagpapakahulugan.
   c. Hanapin ang mga magkakahanay sa loob ng parehong aklat, parehong may-akda o parehong anyo; ang Bibliya ay siya ring pinakamagaling na tagapagpakahulugan nito sapagkat iisa lang ang may-akda nito, ang Espiritu.
5. Gumamit ng pantulong sa pag-aaral upang ma-tsek ang iyong mga obserbasyon sa mga tagpuang pangkasaysayan at okasyon
   a. mga pag-aaral ng Bibliya
   b. mga ensayklopidya ng Bibliya, handbuk at diksiyonaryo
   c. mga paunang salita ng Bibliya
   d. mga komentaryong Bibliya (sa puntong ito ng iyong pag-aaral, hayaan ang naniniwalang komunidad, sa nakaraan at kasalukuyan, na tumulong at maiwasto ang iyong sariling pag-aaral.)

**IV. Pagsasabuhay ng pagpapakahulugang Bibliya**

Sa puntong ito ay tutungo tayo sa pagsasabuhay. Nakapag-ukol ka na ng panahon upang maunawaan ang teksto sa

tagpuang orihinal nito; ngayon ay kailangang maisabuhay mo ito, sa iyong kultura. Ipinapakahulugan ko ang pambibliyang awtoridad bilang "pag-unawa kung ano ang sinasabi ng orihinal na may-akda ng bibliya sa kanyang panahon at pagsasabuhay ng katotohanang ito sa ating panahon."

Ang pagsasabuhay ay dapat sumunod sa pagpakahulugan ng hangarin ng orihinal na may-akda pareho sa panahon at pangangatwiran. Hindi natin maaaring isabuhay ang isang talatang Bibliya sa ating sariling panahon hangga't di natin napag-aalaman kung ano ang sinasabi nito sa kanyang panahon! Ang talatang Bibliya ay hindi dapat maipakahulugan sa hindi nito nais sabihin!

Ang iyong detalyadong balangkas, sa antas na patalata (ikatlong tapusang pagbasa), ang iyong magiging gabay. Ang pagsasabuhay ay dapat gawin sa antas ng talata, hindi sa antas ng salita. Ang mga salita ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga sugna ay may kahulugan lamang sa konteksto; ang mga pangungusap ay may kahulugan lamang sa konteksto. Ang kaisa-isang tao na inspirado na kasangkot sa proseso ng pagpakahulugan ay ang orihinal na may-akda. Sinusunod lamang natin ang kanyang pamumuno sa pamamagitan ng kaliwanagan ng Banal na Espiritu. Ngunit ang kaliwanagan ay <u>hindi</u> inspirasyon. Sa pagsabi, kung gayon, ng "kaya winika ng Diyos," ay dapat tayong sumunod sa hangarin ng orihinal na may-akda. Ang pagsasabuhay ay dapat na may tiyak na kaugnayan sa pangkalahatang hangarin ng kabuuang pagsulat, ang tiyak na pampanitikang yunit at pagpapaunlad ng kaisipan sa antas ng talata.

Huwag hayaang ang mga isyu ng ating panahon ang magpapakahulugan sa Bibliya; hayaang ang Bibliya ang makapagsalita! Ito ay maaaring mangailangan ng ating paghugot ng mga saligan mula sa teksto. Ito ay balido kung ang teksto ay sumusuporta sa isang saligan. Sa kasamaang palad, maraming beses ang ating mga saligan ay ganoon na lamang, "ating" mga saligan—hindi ang mga saligan ng teksto.

Sa pagsasabuhay ng Bibliya, napakahalagang tandaan na (maliban sa paghuhula) isa at iisang kahulugan lamang ang balido para sa isang tiyak na tekstong Bibliya. Ang kahulugang ito ay kaugnay sa hangarin ng orihinal na may-akda habang siya ay tumutugon sa isang krisis o pangangailangan sa kanyang panahon. Ang maraming maaaring pagsasabuhay ay maaaring manggaling mula sa isang pakahulugang ito. Ang pagsasabuhay ay ibabatay sa mga pangangailangan ng mga tagatanggap ngunit dapat kaugnay sa kahulugan ng orihinal na may-akda.

**V. Ang Espirituwal na Aspeto ng Pagpapakahulugan**

Sa ngayon ay aking natalakay ang mga prosesong pangkatwiran at tekstwal na nasasangkot sa pagpapakahulugan at pagsasabuhay. Ngayon ay aking tatalakayin nang maikli ang aspetong espiritwal ng pagpakahulugan. Ang sumusunod na tseklist ay nakatulong sa akin:

A. Manalangin para sa tulong ng Espiritu (cf. I Corinto 1:26-2:16).
B. Manalangin para sa sariling pagpapatawad at paglilinis mula sa kilalang mga kasalanan (cf. I Juan 1:9).
C. Manalangin para sa mas higit na pagnanais na makilala ang Panginoon (cf. Awit 19:7-14; 42:1ff.; 119:1ff).
D. Isabuhay kaagad ang ano mang bagong kabatiran sa iyong sariling buhay.
E. Manatiling mapagkumbaba at handang matuto.

Napakahirap panatilihin ang balanse sa pagitan ng proseso ng pangatwiran at ng pamumunong espiritwal ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod na mga sipi ay nakatulong sa aking balansehin ang dalawa:

A. Mula kay James W. Sire, *Scripture Twisting*, pp. 17-18:

"Ang kaliwanagan ay dumarating sa mga isipan ng mga tao ng Diyos—hindi lamang sa ang mga elitistang espiritwal. Walang kauriang guru sa pambibliyang Kristiyano, walang iluminati, walang mga tao na pagmumulan ng lahat ng tamang pagpapakahulugan Kaya, habang ang Banal na Espiritu ay nakapagbibigay ng mga natatanging handog ng karunungan, kaalaman at pag-unawang espiritwal, hindi Niya itinalaga itong mga piling Kristiyano lamang bilang awtoridad lamang sa pagpapakahulugan ng Kanyang Salita. Nasa sa bawat isang tao Niya ang pagkatuto, paghatol at pag-unawa sa pamamagitan ng pagsangguni sa Bibliya na siyang tumatayong awtoridad kahit sa mga taong pinagkalooban ng Diyos ng natatanging kakayanan. Bilang pagbubuod, ang pagpapalagay na aking ginagawa sa buong aklat ay ang Bibliya ang siyang totoong pagpapahayag ng Diyos sa buong sangkatauhan, na ito ay ang pinakapangunahing awtoridad sa lahat ng usaping naipahahayag, na ito ay hindi isang ganap na misteryo kundi mauunawaan nang sapat ng karaniwang tao sa bawat kultura."

B. Mula sa Kierkegaard, na makikita sa Bernard Ramm, *Protestant Biblical Interpretation*, p. 75:

Ayon kay Kierkegaard ang pag-aaral na panggramatika, leksikal at pangkasaysayan ng Bibliya ay kinakailangan ngunit panimula sa totoong pagbasa ng Bibliya. "Ang pagbabasa ng Bibliya bilang salita ng Diyos ay dapat basahin nang naisasa-puso sa kanyang bibig, sa lakarán, na tigib ng pag-asam, na nakikipag-usap sa Diyos. Ang pagbabasa ng Bibliyang nang wala sa isip o walang-ingat o pang-akademiko o pampropesyunal ay hindi pagbabasa ng Bibliya bilang Salita ng Diyos. Kung ang nagbabasa nito ay parang nagbabasa ng isang liham ng pagmamahal, kung sa gayon ay binabasa ito bilang Salita ng Diyos."

C. H. H. Rowley sa *The Relevance of the Bible*, p. 19:

"Hindi lamang ang isang pag-unawang intelektwal ng Bibliya, kahit ganap, ang maaaring makapag-angkin ng lahat nitong kayamanan. Hindi ito paghamak sa ganitong pag-unawa, dahil ito ay mahalaga sa isang ganap na

pag-unawa. Ngunit dapat ito ay pumaraan sa isang espiritwal na pag-intindi ng mga espiritwal na kayamanan ng aklat na ito kung ito ay nais na maging ganap. At para sa ganitong espiritwal na pag-intindi ay may isang bagay na kailangan na hihigit pa kaysa sa kahandaang intelektwal. Ang mga espiritwal na bagay ay inuunawa nang espiritwal, at ang mag-aaral ng Bibliya ay mangangailangan ng mapagtanggap ng saloobing espiritwal, isang pananabik na makita ang Diyos upang ialay ang sarili sa Kanya, kung siya ay makalalampas pa sa kanyang siyentipikong pag-aaral patungo sa mas mayamang pamana nitong pinakadakila sa lahat ng mga aklat."

**VI. Ang Pamaraan Nitong Komentaryo**

Ang Komentaryo sa Gabay ng Pag-aaral ay nakadisenyo upang makatulong sa iyong mga pamamaraan sa pagpakahulugan sa sumusunod na mga paraan:

A. Isang maikling balangkas-pangkasaysayan ang nagpapakilala sa bawat aklat. Pagkatapos mong magawa ang "tapusang pagbasa #3" ay tsekin itong impormasyon.

B. Ang mga pangkonteksto pag-unawa ay makikita sa simula ng bawat Kabanata. Ito ay makakatulong sa iyong upang makita kung paano binubuo ang pampanitikang yunit.

C. Sa simula ng bawat Kabanata o pangunahing yunit ang mga pantalatang pagkakahati at ang kanilang mga nakalarawang paliwanag ay ibinibigay nang buhat sa ilang makabagong pagsasalin:
1. The United Bible Society Griyego Text, fourth edition revised(UBS[4])
2. The New American Standard Bible, 1995 Update (NASB)
3. The New King James Version (NKJV)
4. The New Revised Standard Version (NRSV)
5. Today's English Version (TEV)
6. The Jerusalem Bible (JB)

Ang patalatang pagkakahati ay hindi inspirado. Dapat tiyaking nasasa-konteksto ang mga ito. Sa pamamagitan ng paghambing ng ilang makabagong pagsasalin mula sa magkakaibang mga teorya at pananaw na panteolohiya, maaari nating masuri ang dapat na istruktura ng pag-iisip ng isang orihinal na may-akda. Ang bawat talata ay mayroong isang pangunahing katotohanan. Ito ay tinawag na "ang paksang pangungusap" o "ang pangunahing ideya ng teksto." Ang mapag-isang kaisipang ito ang susi sa maayos na pagpakahulugang pangkasaysayan, panggramatika. Ang isa ay hindi dapat nagpapakahulugan, nangangaral o nagtuturo nang kinakapos sa isang talata! Isa pa, tandaang ang bawat talata ay kaugnay sa kasudlong na mga talata nito. Kung kaya ang antas ng balangkas na patalata ng isang buong aklat ay napakahalaga. Dapat nating masundan ang takbo ng pangangatwiran ng paska na ipinararating ng orihinal na may-akdang inspirado.

D. Ang mga pagtatalâ ni Bob ay sumusunod sa talata-sa-talatang pagdulog sa pagpakahulugan. Ito ay nag-uudyok sa ating sundan ang pag-iisip ng orihinal na may-akda. Ang mga pagtatala ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa ilang sukatan:
1. pampanitikang konteksto
2. mga pag-unawang pangkasaysayan, pangkultura
3. impormasyong panggramatika
4. mga pag-aaral ng salita
5. mga kaugnay na talatang magkakahanay

E. Sa ilang punto ng komentaryo, ang nakaimprentang teksto ng New American Standard Version (1995 update) ay dadagdagan ng mga pagsasalin ng ilang ibang makabagong bersyon:
1. Ang New King James Version (NKJV), na sumusunod sa tekstong manuskrito ng "Textus Receptus."
2. Ang New Revised Standard Version (NRSV), na isang salita-sa-salitang rebisyon mula sa National Council of Churches ng Revised Standard Version.
3. Ang Today's English Version (TEV), na isang dinamikong katumbas na pagsasalin mula sa American Bible Society.
4. Ang Jerusalem Bible (JB), na isang pagsasaling Ingles batay sa isang Katolikong Pranses na dinamikong katumbas na pagsasalin.

F. Para sa mga hindi nakapagbabasa ng Griyego, ang paghahambing sa mga pagsasaling Ingles ay maaaring makatulong sa pagkilala ng mga suliranin sa teksto:
1. pagkakaiba-iba sa mga manuskrito
2. mga pamalit na kahulugan ng salita
3. mga mahirap na teksto at istruktura sa gramatika
4. mga tekstong iba't iba ang pakahulugan

Gayong ang mga pagsasaling Ingles ay hindi makakalutas sa mga suliraninng ito, tinutukoy nila itong mga lunan para sa mas malalim at mas malawak pang pag-aaral.

G. Sa pagtatapos ng bawat Kabanata kaugnay sa mga talakayan ay may mga tanong na iniharap na nagtatangkang tukuyin ang mga pangunahing isyu sa pagpakahulugan ng kabanatang iyon.

# PANIMULA SA AKLAT NI JUAN

## PAMBUNGAD NA MGA PANANALITA

A. Ang Mateo at ang Lucas ay nagsimula sa kapanganakan ni Hesus, samantalang si Marcos ay nagsimula sa pagbabautismo ni Hesus, subalit si Juan ay nagsimula bago pa man ang paglilikha.

B. Pinapakilala ni Juan ang buong pagka-Diyos ni Hesus ng Nazareth mula sa unang talata ng unang kabanata at inulit-ulit na may pagbibigay-diin sa buong Ebanghelyo. Ang Ebanghelyong Sinoptiks ay ikinubli ang katotohanang ito hanggang sa mga huling pagpapakilala. (" Ang Lihim ng Tagapagligtas")

C. Maliwanag na nilinang ni Juan ang kanyang Ebanghelyo ayon sa mga pangunahing pinatotohanan ng Ebanghelyong Sinoptiks. Tinangka nyang punan at bigyang kahulugan ang buhay at katuruan ni Hesus ayon sa mga pangangailangan ng unang iglesya (huling bahagi ng unang siglo)

D. Si Juan ay tila binuo ang paglalahad kay Hesus na Tagapagligtas sa pamamagitan ng
   1. Pitong mga himala/mga tanda at ang kanilang mga interpretasyon
   2. Dalawampu't pitong mga panayam at/o mga pagkikipagtalakayan sa mga indibidwal.
   3. Mga araw ng pagsamba at kapistahan
      a. Ang Sabbath
      b. Ang Paskwa (cf. kabanata 5-6)
      c. Ang Tabernakulo (cf. kabanata 7-10)
      d. Hanukkah (cf. 10:22-39)
   4. " Ako ang" na mga pananalita
      a. Kaugnay sa Banal na Pangalan (YHWH)
         1) Ako ang Siya nga (4:26;8:24,28;13:19;18:5-6)
         2) Bago si Abraham Ako ay Ako na (8:54-59)
      b. Na may patunay na mga paghirang
         1) Ako ang tinapay na nagbibigay buhay (6:35, 41, 48,51)
         2) Ako ang Ilaw ng Sanlibutan ( 8:12)
         3) Ako ang Pintuan ng Dinaraanan ng mga Tupa (10:7,9)
         4) Ako ang Mabuting Pastol ( 10:11,14)
         5) Ako ang buhay at ang muling Pagkabuhay ( 11:25)
         6) Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay (14:6)
         7) Ako ang tunay ng puno ng ubas (15:1,5)

E. Ang pagkakaiba ng Juan sa ibang mga Ebanghelyo
   1. Bagamat isang katotohanan na ang layunin ni Juan ay teolohikal, ang kanyang pag gamit sa kasaysayan at heograpiya ay lubos na wasto at detalyado. Ang tumpak na dahilan sa mga pagkakaiba sa pagitan ng Sinoptiks at ni Juan ay di matiyak.
      a. Panimulang ministeryo sa mga taga Judea (unang paglilinis sa Templo)
      b. Pagkakasunod-sunod at petsa ng huling linggo sa buhay ni Hesus.
      c. Isang makahalugang pagsasaayos na teolohikal.
   2. Makakatulong nang higit kung sandaling talakayin ang malinaw na pagkakaiba ng Juan at ng mga Sinoptiks. Hayaang niyong banggitin ko ang sinabi ni George Ladd mula sa aklat na *A Theology of New Testament* sa mga pagkakaiba:
      a. " Ang ikaapat na Ebanghelyo ay ibang-iba sa mga Sinoptiks na ang tanong na marapat na harapin ay kung ito ba nag-uulat ng wasto sa mga katuruan ni Hesus o kung ang pananampalatayang Kristiano ay nabago ng tradisyon at ang kasaysayan ay nilamon ng teolohikal na interpretasyon" (p.215)
      b. "Ang kasagutan na makikita ng malapitan ay ang mga katuruan ni Hesus ay ipinahayag nang matalinghaga ni Juan. Kung ito ang tumpak na kasagutan, at kung ating dapat na pasyahin na ang ikaapat na Ebanghelyo ay nakasandal sa

matalinghagang pahayag ni Juan, ang mahalagang tanong ay ang mga sumusunod; Hanggang saan ang lawak ng teolohiya ni Juan kung ihahambing ang sa kay Hesus? Hanggang saan ang lawak ng mga katuruan ni Hesus ang naunawaan ni Juan sa kanyang isipan na kung ano ang mayroon tayo ngayon ay pawang mga interpretasyon ni Juan kaysa sa isang tumpak ng pagpapakita ng sariling katuruan ni Hesus.?"(p.215)

c. Binanggit din ni Ladd mula sa "Recent Discoveries in Palestine and the Gospel of John" ang *The Background of the New Testament and Its Eschatology* na na-edit nina W. D. Davies and D. Daube

" Walang pangunahing pagkakaiba ang katuruan ni Juan at ng mga Sinoptiks; ang pagkakaiba ay nakasalalay sa pagbibigay diin sa tradisyon kasabay ng ilang aspeto ng mga katuruan ni Hesus, lalung-lalo na yung waring nagpapakita ng pagkakatulad ng mga katuruan higit na malapit sa mga Essenes.

Walang lubos na nagpapakita ng anuman sa mga katuruan ni Hesus ay binaluktot o dinaya o mayroong isang mahalaagang bagong element ang idinagdag sa mga ito. Na ang pangangailangan ng sinaunang iglesya ay na impluwensyahan ng pagpipili sa ilang mga bagay para idagdag sa Ebanghelyo na ating madaling matatanggap, ngunit walang dahilan na isipin na ang pangangailan ng iglesya ay may kinalaman sa anumang pag-inbento o pagbabago ng makabuluhang teolohiya.

Isa sa pambihirang pagpapalagay ng mga kritikal iskolar ng Bagong Tipan at mga dalubahasa sa teolohiya ay ang kaalaman ni Hesus ay limitado at anumang maliwanag na pagkakaiba ng aklat ni Juan at ng mga Sinoptiks ay maaring sa pagkakaiba ng mga sinaunang dalubhasa sa teolohiya. Bawat dakilang palaisip at personalidad ay magbibigay ng ibat ibang interpretasyon sa ibat ibang mga kaibigan at taga-pakinig, na siya namang mag sasala ng kung anumang mabuti at kapaki-pakinabang ayon sa kanilang nakita at narinig. (pp. 170-171)

d. At muli mula kay George E. Ladd:

" Ang pagkakaiba sa kanila ay hindi sa ang Juan ay teolohikal at ang iba ay hindi ngunit silang lahat ay teolohikal sa ibat ibang kaparaanan. Ang kasaysayang binigyan kahulugan ay mas higit na magpapakita ng tunay na mga katotohanan ng isang sitwasyon kaysa sa pagtatala ng mga pangyayari lamang. Kung ang aklat ng Juan ay isang teolohikal na interpretasyon, ito ay interpretasyon ng mga pangyayari na si Juan mismo ay sumasang-ayon na nangyari sa kasaysayan. Tunay itong maliwanag na hindi intensyon ng mga Ebanghelyong Sinoptiks na magbigay ulat ng *ipsossoma verba* (ang eksaktong salita) ni Hesus o a talambuhay ng mga pangyayari sa kanyang buhay. Sila ay mga larawan ni Hesus at buod ng kanyang mga katuruan. Si Mateo at Lucas ay naramdaman sa kanilang sarili ang kalayaan na isaayos ang mga materyales ni Marcos at iulat ang katuruan ni Hesus ng may sapat na kalayaan. Kung si Juan ay gumamit mas higit na kalayaan kaysa kay Mateo at Lucas, ito sa kadahilanang ninais niyang ibigay ang mas malawak at higit sa lahat na tunay na larawan ni Hesus." (pp.221-222)

## ANG MAY-AKDA

A. Ang sumulat ng Ebanghelyo ay walang pagkakakilanlan ngunit tumutukoy kay Juan bilang siyang may-akda.
   1. isang saksing may-akda (cf. 19:35)
   2. ang mga katagang " ang minamahal na alagad" (parehong kinilala nina Polycrates at Ireneo ang sumulat bilang si Apostol Juan)
   3. Juan na anak ni Zebedeo ay hindi binanggit sa pangalan

B. Ang makasaysayang pinangyarihan ay maliwanag na mula sa Ebanghelyo, samakatuwid, ang usapin kung sino ang may akda ay hindi mahalagang salik sa interpretasyon. Ang pagpapatunay ng may-akdang kinasihan ang mahalaga!

   Ang may-akda at petsa ng Ebanghelyo ni Juan ay hindi nakakaapekto sa inspirasyun kundi sa interpretasyon. Ang mga komentarista ay naghahanap ng makasaysayang pinanyarihan, isang pagkakataon na naging dahilan upang maisulat ang aklat. Dapat bang ihalintulad ang dualismo ni Juan sa
   1. Ang dalawang panahon ng mga Hudyo
   2. Ang guro ng katwiran ng Qumran
   3. Ang Relihiyon ng Zoroaster

4. Ang kaisipan ng mga Gnostics
5. Ang walang katulad na pananaw ni Hesus?

C. Ang sinaunang tradisyunal na panananaw ay si Juan na Apostol, na anak ni Zebedeo, isang nilalang, ay ang saksing pinanggalingan. Ito ay dapat na mabigyan linaw sapagkat ang mga kasulatan noong ikalawang siglo ay nag-uugnay sa ibang may-akda sa pagsusulat ng Ebanghelyo.
   1. Kapwa mananampalataya at ang mga matatanda sa Efeso ay hinikayat ang tumatandang Apostol na magsulat (Binanggit ni Eusebio si Clemente ng Alexandria)
   2. Isang kapwa Apostol, na si Andres (ang Muratorian Fragment, A.D. 180-200, mula sa Roma)

D. Ang ilang makabagong iskolar ay may palagay na iba ang may akda nito, itoy batay sa mangilan-ngilang pagpapalagay tungkol sa pamamaraan at paksang tinuran sa Ebanghelyo. Maraming mga palagay na ang petsa ay sa unang bahagi ng ikalawang siglo (bago ang A.D. 115)
   1. isinulat ng mga disipulo ni Juan ( isang siklo ng impluwensya ni Juan) na kinilala sa kanyang mga katuruan ( J. Weiss, B. Loghtfoot, C.H. Dodd, O. Cullman, R.A. Culpepper, C.K. Barrett)
   2. isinulat ng "ang matandang Juan" ( isang serye ng mga sinauang pinuno mula sa Asya na naimpluwensyahan ng teolohiya at terminolohiya ni Juan na Apostol) na kung saan ay nagmula ang malabong sipi sa Papias (A.D. 70-146) binanggit ni Eusebio (A.D. 280-339)

E. Katibayang si Juan mismo ang pangunahing pinanggalingang sangkap sa pagbuo ng Ebanghelyo
   1. panloob na katibayan
      a. ang may-akda ay may kaalaman sa mga katuruan at ritwal ng mga Hudyo ang mga katuruang at mga ritwal na pang Hudyo at ibinahagi ang pananaw pangsankatauhan sa Lumang Tipan.
      b. batid ng may-akda ang kalagayan ng Palestinia at Herusalem bago mag-A.D. 70.
      c. Kinikilala ng may akda ang kanyang sarili bilang isang saksi
         1) 1: 14
         2) 19:35
         3) 21:24
      d. ang may-akda ay kabilang sa pangkat ng mga Apostol, kung saan siya ay may lubos na kaalaman patungkol sa:
         1) detalye ng oras at lugar (gabi ng pag-uusig)
         2) detalye ng bilang (mga banga sa 2:6 at isda sa 21:11)
         3) detalye ng mga tao
         4) batid ng may-akda ang mga detalye ng mga pangyayari at ang mga at mga reaksiyon ng mga tao sa kanila.
         5) Ang may-akda ay tiyak na kinikilala bilang "ang minamahal na alagad"
            a) 13:23, 25
            b) 19: 26-27
            c) 20:2-5,8
            d) 21:7, 20-24
         6) ang may akda ay tila bahagi ng isang pangunahing pangkat kung saan kasama niya si Pedro.
            a) 13:24
            b) 20:2
            c) 21:7
         7) Ang pangalang Juan, anak ni Zebedeo, ay hindi binanggit sa aklat ng Ebanghelyong ito, kung saan ay hindi pangkaraniwan, dahil siya ay kabahagi sa mga pangunahing kasapi ng mga Apostol.
   2. Panlabas na katunayan
      a. Ang Ebanghelyo ay nababatid nila:
         1) Irenaeo (A.D. 120-202) na may kaugnayan kay Policarp na nakakakilala kay Juan na Apostol (cf. *Historical Eccleasticus* 5:20:6-7 ni Eusebeo) – "Si Juan na alagad ng Panginoon na nak-hilig sa kanyang dibdib ang siyang nagpalathala ng Ebanghelyo sa lugar ng Efeso sa Asya" (Haer, 3:1:1, binanggit sa Hist. Eccl. 5:8:4 ni Eusebeo).

2) Clemente ng Alexandria (A.D. 153-217) "Si Juan na hinikayat ng kanyang mga kaibigan at pinakilos at pinangunahan ng Banal na Espiritu ay sumulat ng Espirituwal na Ebanghelyo" (*Historical Eccleasticus* 6:14:7 ni Eusebeo)
3) Justin na martir (A.D. 110-165) sa kanyang Dialogue kasama si Trypho 81:4
4) Tertulliano (A.D. 145-220)

b. Si Juan bilang may akda, ay pinanindiganan ng naunang mga saksi
1) Policarpo (A.D. 70-156, itinala ni Ireneo), na siyang Obispo ng Smyrna (A.D. 155)
2) Papias (A.D. 70-146, itinala bilang paunang salita mula sa Roma at kay Eusebio laban sa mga Marconite), na siyang Obispo ng Heirapolis sa Phyrgia at naitala na naging alagad ni Juan na Apostol.

F. Mga ginagamit na dahilan upang pabulaanan ang nakagisnang may-akda ng aklat.
1. Ang kaugnayan ng Ebanghelyo sa mga paksa ng Nostisismo.
2. mga lantad na pagdagdag sa kabanata 21.
3. ang pagkakaiba-iba ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari kumpara sa Sinoptiks
4. hindi pagtawag ni Juan ang kanyang sarili bilang "ang alagad na minamahal"
5. Ang Hesus sa aklat ni Juan ay gumagamit ng mga iba't ibang pananalita at uri ng panitikan kung ihahambing sa Sinoptiks.

G. Kung ating ipinapalagay na siya si Apostol Juan, ngayon, ano ang maari nating ipagpalagay sa taong ito?
1. Na siya ay sumulat mula sa Efeso (Sinabi ni Ireneo "Inilathala niya ang Ebanghelyo mula sa Efeso")
2. Naisulat niya ang Ebanghelyo sa kanyang katandaan (ayon kay Ireneo, siya ay nabuhay hanggang sa pamumuno ni Trajan, A.D. 98-117).

## ANG PETSA

A. Kung ating ipalalagay na tunay na si Juan na Apostol ang may-akda
1. Bago dumating sa taong A.D. 70, winasak ni Heneral Tito ng Roma (na naging Emperador) ang Herusalem.
a. sa Juan 5:2 "Sa Herusalem nga'y may isang maliit lawa sa tabi ng pintuan ng mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Betesda, na may limang portico…"
b. Ang paulit-ulit na paggamit ng sinaunang titulong "alagad," upang ipakilala ang mga Apostol.
c. Ipagpalagay na kasamang natuklasan ang mga sangkap ng Nostisismo sa mga Dead Sea Scrolls, na ipinapakita na sila ay bahagi ng teolohikal na pananalita noong mga unang siglo.
d. Hindi binanggit ang pagkawasak ng templo at ng lungsod ng Herusalem noong taon A.D. 70
e. ang sikat Amerikanong Arkeologong si W.F. Albright ay nanindigan na naisulat ang Ebanghelyo noong mga taong 70's o 80's.

2. Huling bahagi ng unang siglo.
a. ang maunlad na teolohilya ni Juan
b. ang pag-bagsak ng Herusalem na hindi binanggit dahil ito ay naganap ng dalawampung taong mas maaga
c. ang pag-gamit ni Juan ng mga uri ng pananalita, parirala at diin na ginagamit ng Nostisismo.
d. Ang mga naunang tradisyon ng Iglesia
1) Ireneo
2) Eusebeo

B. Kung ating ipalalagay ang may akda ay si "Juan na Matanda sa iglesya", ang panahon pagkakasulat ay nasa una at gitnang bahagi ng ikalawang siglo. Ang teoryang ito ay nagsimula nang hindi tanggapin ni Dioniseo na si Juan na Apostol ang may-akda (dahil sa mga pampanitikang dahilan). Si Eusebio, na hindi tinanggap na si Juan na Apostol ang sumulat ng Apocalipsis dahil sa teolohikal na kadahilanan, ay nadama na siya'y nakasumpong ng panibagong "Juan" na nasa tamang panahon at lugar sa sipi ni Papias (Historical Eccleasticus 3:39:5,6), kung saan itinala ang dalawang "Juan" (1) Ang Apostol (2) at ang Matanda sa iglesya (presbitero).

## ANG MGA TUMANGGAP NG AKLAT

A. Sa simula, ito isinulat para sa mga iglesya na nasa Lalawigan ng Roma na nasa Asya Minor, lalo na sa Efeso.
B. Dahil sa kapayakan at kalaliman ng pagpapahayag ng buhay at persona ni Hesus na taga-Nazareth, ang aklat na ito ay naging paborito ng mga mananampalatayang Hellenistang Hentil at ng mga pangkat ng mga Gnostics.

## ANG MGA LAYUNIN

A. Ang Ebanghelyo mismo ay naninindigan sa kanyang layuning pang-ebanghelyo, 20: 30-31
   1. Para sa mga Hudyo na mambabasa
   2. Para sa mga Hentil na mambabasa
   3. Para sa mga nagsisimulang mga Gnostic na mambabasa.

B. Ito ay tila may pakikipaglabang pang-Apostol
   1. laban sa mga Panatikong taga-sunod ni Juan Bautista
   2. Laban sa mga nagsisimulang mga bulaang gurong Gnostiks (lalon na sa pambungad pananalita); ang mga bulaang katuruan ng Nostisismo ay nakapag-bigay din ng batayan sa iba pang mga aklat sa Bagong Tipan.
      a. Sa mga Taga-Efeso
      b. Sa mga Taga -Colosas
      c. Sa mga Sulat ni Pablo (I Timoteo, Tito, II Timoteo)
      d. Sa Unang Juan (I Juan) (Ang unang Juan ay maaaring gumanap na panakip na sulat para sa Ebanghelyo)
C. May posibilidad na ang layunin ng pahayag sa 20:31 ay maaaring maunawaan bilang pagbibigay lakas sa katuruan patungkol sa pagtitiis at ebanghelyo dahil l sa tuloy-tuloy na paggamit ng KASULUKUYANG PANAHON upang ilarawan ang Kaligtasan. Sa ganitong kamalayan, Si Juan, katulad ni Santiago, ay maaaring tinitimbang ang higit na pagbibigay diin ng mga ilang grupo sa Asya Minor patungkol sa mga teolohiya ni Pablo (cf. II Pedro 3: 15-16). Nakamamanghang isipin dahil sa naunang mga tradisyon ng iglesya nakikilala si Juan sa Efeso at hindi si Pablo (cf. F.F. Bruce's *Pedro, Stephen, James and John*: *Studies in Non-Pauline Christianity*, pp. 120-121).
D. Ang pangwakas na pahayag (kabanata 21) ay maaaring tugon sa mga tiyak na katanungan ng mga sinaunang iglesya.
   1. Nagbigay si Juan ng mga karagdagang impormasyon sa Ebanghelyong Sinoptik. Subalit, itinuon nya ang kanyang ministeryo sa mga taga-Judea lalo na Herusalem.
   2. Ang tatlong tanong na sumakop sa dag-dag na sulat, sa Ika-21 Kabanata.
      a. Ang panunumbalik ni Pedro
      b. Ang mahabang buhay ni Juan
      c. Ang pagpapaliban ng pagbabalik ni Hesus
E. Ang ilan ay nakita si Juan na sinadyang hindi bigyang-diin ang sakramentalismo sa layuning pabayaan at hindi isulat o ipaliwanag ang mga kautusang ito kahit na sa ganap na pagkakataong contextual sa kabanata 3 (para sa bautismo) at kabanata 6 (para sa Eucharist o Hapunan ng Panginoon)

## BALANGKAS NG MGA KATANGIAN NG AKLAT NI JUAN

A. Isang Pilosopikal/Teolohikal na panimula (1:1-18) at praktikal na pagwawakas (Kabanata 21)

B. Pitong mga mahimalang tanda sa loob ng panahon ng pangmadlang ministeryo ni Hesus (Kabanata 2-12) at ang kanilang mga interpretasyon:
   1. pagpapalit ng tubig sa alak sa pistang kasalan sa Cana (2:1-11)
   2. pagpapagaling sa anak ng isang sundalo sa hukuman ng Capernaum (4:46-54)
   3. pagpapagaling sa isang lumpo sa lawa ng Bethesda sa Herusalem (5:1-18)
   4. pagpapakain sa humigit kumulang 5,000 na taga-Galilea (6:1-15)
   5. paglalakad sa Dagat ng Galilea (6:16-21)
   6. pagpapagaling sa lalaking ipinanganak na bulag sa Herusalem (9:1-41)

7. pagpapabangon kay Lazaro na taga-Betanya (11:1-57)

C. Mga panayam at pakikipag-usap sa mga indibidwal
   1. si Juan Bautista (1:19-34; 3:22-36)
   2. Mga Alagad
      a. Sina Andres at Pedro (1:35-42)
      b. Sina Felipe at Nathanael (1:43-51)
   3. si Nicodemo (3:1-21)
   4. ang babaeng taga-Samaria (4:1-45)
   5. mga Hudyo sa Herusalem (5:10-47)
   6. napakadaming tao sa Galilea (6:22-66)
   7. si Pedro at mga alagad (6:67-71)
   8. mga kapatid ni Hesus (7:1-13)
   9. mga Hudyo sa Herusalem (7:14-8:59; 10:1-42)
   10. mga alagad sa itaas na silid (13:1-17:26)
   11. pagpapakulong at paglilitis ng mga Hudyo (18:1-27)
   12. paglilitis ng mga Romano (18:28-19:16)
   13. mga pag-uusap pagkatapos ng muling pagkabuhay, 20:11-29
      a. kay Maria
      b. sa sampung mga apostol
      c. kay Tomas
   14. pagwawakas, pakikipagusap kay Pedro, 21:1-25
   15. (7:53-8:11, ang kasaysayan ng mapalunyang babae, ay hindi orihinal na bahagi ng Ebanghelo ni Juan!)

D. Mga araw ng pagsamba/kapistahan
   1. ang mga sabbath (5:9; 7:22; 9:14; 19:31)
   2. ang mga paskwa (2:13; 6:4; 11:55; 18:28)
   3. ang pista ng tabernakulo (chapters 8-9)
   4. ang Hanukkah (pista ng mga ilaw, cf. 10:22)

E. Gamit ng "Ako ang" na mga pananalita
   1. "Ako ang 'Siya'" (4:26; 6:20; 8:24,28,54-59; 13:19; 18:5-6,8)
   2. "Ako ang tinapay na nagbibigay buhay" (6:35,41,48,51)
   3. "Ako ang ilaw ng sanlibutan" (8:12; 9:5)
   4. "Ako ang pintuan ng dinadaan ng mga tupa" (10:7,9)
   5. "Ako ang mabuting pastol" (10:11,14)
   6. "Ako ang muling pagkabuhay at ang buhay" (11:25)
   7. "Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay" (14:6)
   8. "Ako ang tunay na puno ng ubas" (15:1,5)

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Paksa ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahin mga paksa and ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. at iba pa

# JUAN 1

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Naging Tao ang Salita | Ang Walang Hanggang Salita | Ang Paunang Salita | Ang Salita ng Buhay | Paunang Salita |
| 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-5 | 1:1-18 |
| | Pagsaksi ni Juan: ang Tunay Na Ilaw | | | |
| 1:6-13 | 1:6-13 | 1:6-9 | 1:6-9 | |
| | | 1:10-13 | 1:10-13 | |
| | Nagkatawang-tao ang Salita | | | |
| 1:14-18 | 1:14-18 | 1:14-18 | 1:14 | |
| | | | 1:15 | |
| | | | 1:16-18 | |
| Ang Patotoo ni Juan Bautista | Ang Tinig sa Ilang | Ang Patotoo ni Juan | Ang Mensahe ni Juan Bautista | Ang Pagsaksi ni Juan |
| 1:19-28 | 1:19-28 | 1:19-23 | 1:19 | 1:19-28 |
| | | | 1:20 | |
| | | | 1:21a | |
| | | | 1:21b | |
| | | | 1:21c | |
| | | | 1:22a | |
| | | | 1:22b | |
| | | | 1:23 | |
| | | 1:24-28 | 1:24-25 | |
| | | | 1:26-27 | |
| | | | 1:28 | |
| Ang Kordero ng Diyos | Ang Kordero ng Diyos | | Ang Kordero ng Diyos | |
| 1:29-34 | 1:29-34 | 1:29-34 | 1:29-31 | 1:29-34 |
| | | | 1:32-34 | |
| Ang Unang mga Alagad | Ang Unang mga Alagad | Ang Patotoo ng Unang Mga Alagad ni Hesus | Ang Unang mga Alagad ni Hesus | Ang Unang mga Alagad |
| 1:35-42 | 1:35-42 | 1:35-42 | 1:35-36 | 1:35-39 |
| | | | 1:37-38a | |
| | | | 1:38b | |
| | | | 1:39 | |
| | | | 1:40-42a | 1:40-42 |
| | | | 1:42b | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagtawag kina Felipe at Natanael | Felipe at Natanael | | Tinawag ni Hesus sina Felipe at Natanael | |
| 1:43-51 | 1:43-51 | 1:43-51 | 1:43-45 | 1:43-51 |
| | | | 1:46a | |
| | | | 1:46b | |
| | | | 1:47 | |
| | | | 1:48a | |
| | | | 1:48b | |
| | | | 1:49 | |
| | | | 1:50-51 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-18

A. Teolohikong pagbalangkas sa tula/imno/kredo
   1. walang hanggan, banal, manlilikha, Kristong manunubos, vv. 1-5 (Hesus bilang Salita)
   2. propesiyang pagsaksi kay Kristo, vv. 6-9,15 (Hesus bilang Ilaw)
   3. Kristong nagkatawang tao na ipinahayag ang Diyos, vv. 10-18 (Hesus bilang Anak)

B. Teolohikong kayarian ng vv. 1-18 at mga paulit ulit na mga paksa
   1. Si Hesus ay kasama ng ng Diyos Ama noon pa man (1a)
   2. Si Hesus ay may malalim na pakikipisan sa Diyos Ama. (1b, 2, 18c)
   3. Si Hesus ay kabahagi ng Diyos Ama sa pinaka essensiya. (1c, 18b)

---

* Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa or kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangngusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

4. Ang kaparaanan ng Diyos Ama sa pagtubos at pagpili.(12-13)
5. Pagkakatawang tao, Diyos ay naging tao (9, 14)
6. kapahayagan, pagka-Diyos na buong ipinahayag at naunawaan (18d)

C. Hebreo at Griyegong pinagmulan ng logos (salita)
   1. Hebreong pinagmulan
      a. ang kapangyarihan ng binigkas na salita (Isaias 55:11; Awit 33:6; 107:20; 147:15,18), sa paglikha (Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24, 26,29) at sa Patriyarka na pagpapala (Genesis 27:1ff; 49:1)
      b. Kawikaan 8:12-23 nagsasatao sa "Karunungan" bilang unang nilalang at kinatawan sa lahat ng nilikha (cf. Awit 33:6 at ang hindi Kanonikal na *Karunungan ni Solomon*, 9:9)
      c. ang mgaTargum (Aramaikong salin at komentaryo) ipinalit ang parirala na "Salita ng Diyos" para sa *logos* dahil sa kanilang kahirapang gumamit ng mga antromorpikong katawagan.
   2. Griyegong pinagmulan
      a. Heracleito – ang mundo ay tuloy tuloy na nagbabago; ang impersonal na banal at di nagbabagong logos ay hinawakanang lahat ng ito at ginagabayan ang proseso ng pagbabago.
      b. Plato – ang impersonal at di nagbabagong logos at pinananatili ang tinatahak ng mga planeta at itinatakda ang mga panahon.
      c. Stoics – ang *logos* ay ang "dahilan ng mundo" o tagapangasiwa, ngunit ito ay semi-personal
      d. Philo – isinatao niya ang konsepto ng logos bilang "Punong Saserdote na naghanda ng mga kaluluwa sa harap ng Diyos," o "ang tulay sa pagitan ng tao at ang Diyos," o "ang timon na kung saan ang Piloto ng daigdig ay nakakapangyari ang lahat ng bagay" (*kosmocrater*)

D. Mga Sangkap ng pinalawak na Gnostikong teolohikal/pilosopikal na sistema ng ikalawang siglo A.D.
   1. Ang ontolohikal (walang hanggan) antagonistikong dualismo sa pagitan ng Espiritu at bagay
   2. Ang Bagay ay masama at sutil; Ang Espiritu ay mabuti
   3. Ang Gnostikong sistema ay nagtalaga ng mga hanay ng maka-anghel na mga antas (*aeons*) sa pagitan ng mataas, mabuting diyos at ang mas maliit na diyos na may kakayanang bumuo ng bagay. Ang ilang ay pinagpipilitan na ang mas maliit na diyos ay ang YHWH ng OT (gaya ni Marcion)
   4. Ang Kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ng
      a. lihim na kaalaman o salita na nagtatanggap sa isang tao na makarating sa mga maka-anghel na antas patungo sa kanilang pakikipag-isa sa Diyos.
      b. isang banal na kislap sa lahat ng sangkatauhan , na kung saan ay di nila nalalaman maliban na lang sila ay makatanggap ng lihim na kaalaman.
      c. isang naiibang personal na kinatawan ng kapahayagang nagbibibgay ng lihim na kaalaman sa sangakatauhan (ang Espiritu ni Kristo)
   5. Ang sistema ng kaisipang ito ang nagpipilit ng pagka-Diyos ni Hesus, ngunit nagpapasubali ng Kanyang tunay at pamalagiang pagkakatawang tao at pangunahaing lugar ngpagtutubos!

E. Ang makasaysayang tagpuan
   1. Talata 1-18 ay ang pagtangka na iugnay sa parehong Hebreo and Griyegong kaisipan sa paggamit ng katagang *logos*.
   2. Ang maling pananampalataya ng mga Gnostisismo ay ang pilosopikal na pinagmulan ng mataas na balangkas ng panimula ng Ebanghelyo ni Juan. Ang I Juan ay maaring ang paunang sulat sa Ebanghelyo. Ang teolohikal na sistemang kaisipang tinatawag na "Gnostisismo" ay di kilala sa mga kasulatan hanggang sa ikalawang siglo, ngunit ang pasimulang mga paksang Gnostik ay natagpuan sa mga Dead Sea Scrolls at kay Philo.
   3. Ang mga Sinoptikong mga Ebanghelyo (lalo na ang Marcos) ay nagtatakip sa kabanalan ni Hesus (ang lihim ng Mesias) hanggang sa pagkatapos ng Kalbaryo, maliban kay Juan, na nagsulat na maigi kamakailan, na siyang nagpalago ng mga mahahalagang mga paksa kay Hesus bilang buong Diyos at buong tao (Anak ng Tao, cf Ezekiel 2:1 and Daniel 7:13) sa unang kabanata.

F. Tignan ang Natatoning Paksa: Ihambing ang Juan 1 sa I Juan 1:1 ng I Juan 1.

## PAG-AARAL NG SALITA AT TALATA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 1:1-5

**1 Nang pasimula ay naroon na ang Salita, ang Salita ay kasama ng Diyos, at ang Salita ay Diyos. 2 Sa pasimula ay kasama na siya ng Diyos. 3 Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya, at walang anumang nilikha nang hindi sa**

**pamamagitan niya. Ang nilikha [4]sa kanya ay may buhay, at ang buhay ay siyang ilaw ng sangkatauhan. [5]Nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw, at hindi ito nagapi kailanman ng kadiliman.**

**1:1 "Nang pasimula"** Ipinapakita ni ang Genesis 1:1 at ginamit din sa I Juan 1:1 bilang pagtukoy sa pagkakatawang-tao. Maaari na ang I Juan ay ang panimulang sulat sa Ebanghelyo. Parehong nitong tinatalakay ang Gnostisismo. Ang mga talatang 1-5 ay ang pagbabatibay ng pag-iral ng pagka-Diyos ni Hesukristo bago pa man ang paglikha(cf. 1:15; 8:56-59; 16:28; 17:5; II Corinto 8:9; Filipos 2:6-7; Colosas 1:17; Hebreo 1:3; 10:5-9).

Ang NT ay inilarawan bilang

1. bagong paglilikha, na hindi nadungisan ng Pagkakasala (i.e., natupad ang Genesis 3:15 para sa sangkatauhan)
2. bagong pananakop (Lupang Pinangako)
3. bagong exodo (tinupad na propesiya)
4. bagong Moses (tagapag-bigay ng batas)
5. bagong Josue (cf. Hebreo 4:8)
6. bagong himala sa tubig (cf. Hebreo 3-4)
7. bagong mana (cf. Juan 6)

at marami pang iba, lalo na sa Hebreo.

## NATATANGING PAKSA: *ARCHĒ*

Ang katagang "nasasakupan" ay ang Griyegong katagang *archē*, na ang ibig sabihin ay ang "simula" o "pinanggalingan" ng isang bagay.

1. pasimula ng nilikhang kaayusan (cf. Juan 1:1; I Juan 1:1; Hebreo 1:10)
2. ang pasimula ng ebanghelyo (cf. Marcos 1:1; Filipos 4:15; II Thesalonica 2:13; Hebreo 2:3)
3. unang mga saksi (cf. Lucas 1:2)
4. mga pasimulang tanda (mga himala, cf. Juan 2:11)
5. mga pasimulang mga prinsipyo (cf. Hebreo 5:12)
6. pasimulang katiyakan ayon sa mga katotohanan ng ebanghelyo (cf. Hebreo 3:14)
7. ang pasimula, Colosas 1:18; Pahayag 3:14

Ito'y dumating upang gamitin bilang "tuntunin" o "awtoridad"

1. ng mga pinunong namamahala sa sangkatauhan
   a. Lucas 12:11
   b. Lucas 20:20
   c. Roma 3:3; Tito 3:1
2. sa mga maka-anghel na awtoridad
   a. Roma 8:38
   b. I Corinto 15:24
   c. Efeso 1:21; 3:10; 6:12
   d. Colosas 1:16; 2:10,15
   e. Hudas v. 6

Ang mga huwad na gurong ito ay sinusuway ang lahat na awtoridad, makamundo man o makalanagit. Sila ay mga walang batas na mapagmalabis. Inilalagay nila ang kanilang mga sarili at ang kanilang mga inaasam ng una kaysa sa Diyos, mga anghel, mga sibil na awtoridad, at mga pinuno ng iglesya.

▣ "ay" (tatlong beses) Ito ay DI-GANAP NA PAMANAHON (cf. vv. 1,2,4,10) na tumututok sa patuloy na pananatili sa nakalipas na panahon. Ang PAMANAHON na ito ay ginamit upang maipakita ang pag-iral ng Logos noon pa man (cf. 8:57-58; 17:5,24; II Corinto 8:9; Colosas 1:17; Hebreo 10:5-7). Ito'y pinag-iba sa mga AORIST NA PAMANAHON ng vv. 3, 6, and 14.

▣ **"ang Salita"** Ang salitang *logos* ay tumutukoy sa isang mensahe, hindi lang isang salita. Sa ganitong kaugnay na kaisipan, ito ay isang titulo na kung saan ginagamit ng mga Griyego sa paglalarawan ng "mundong katwiran" at sa mga Hebreo na kasingtulad ng "Karunungan." Pinili ni Juan ang ganitong kataga upang paninidigan na ang Salita ng Diyos ay parehong persona at mensahe. Tignan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, C.

▣ **"kasama ng Diyos"** "Kasama" ay maaring maisalin na "mukha sa mukha." Ito'y nagpapakita ng malalim na pakikipag-ugnayan. Ito rin ay tumuturo sa isang kaisipan ng isang banal na esensya at tatlong personal na walang hanggang kapahayagan. (tignan sa Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 14:26). Ang NT ay naninindigan sa kabalintunaan na si Hesus ay hiwalay sa Ama, ngunit Siya rin ay kaisa ng Ama.

▣ **"ang Salita ay Diyos"** Ang PANDIWA na ito ay DI-GANAP NA PAMANAHON sa v. 1a. Wala itong pantukoy (na nagpapakilala ng PAKSA, tignan kay F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 66) ng *Theos*, ngunit ang *Theos* ay inalagay ng una sa Griyegong parirala para sa pagbibigay-diin. Ang talatang ito at ang v.18 ay malakas na pangungusap ng lubos na kabanalan ng Logos na umiiral bago pa ang paglalang (cf. 5:18; 8:58; 10:30; 14:9; 17:11; 20:28; Roma 9:5; Hebreo 1:8; II Pedro 1:1). Si Hesus ay lubos ang pagka-Diyos at lubos ang pagka-tao (cf. I Juan 4:1-3). Hindi Siya ang Diyos Ama, ngunit Siya ang mismong kagaya ng Ama sa banal na esensya.

Ang NT ay pinagdidiinan ang ganap na pagka-Diyos ni Hesus ng Nazaret, ngunit pinangangalagaan ang pagkakaiba ng persona ng Ama. Ang iisang banal na esensya ay binigyan-tuon sa Juan 1:1; 5:18; 10:30,34-38; 14:9-10; at sa 20:28, habang ang kanilang pagkakaiba ay binigyan-riin sa Juan 1:2,14,18; 5:19-23; 8:28; 10:25,29; 14:11,12,13,16.

**1:2** Ito'y kahanay sa v. 1 at binigyan-diin muli ang nakakagulat na katotohnan na nilinaw ng monoteismo na si Hesus, na ipinanganak noong 6-5 B.C., ay lagi nang kasama ng Ama at nangangahulugan lamang na Siya ay Diyos.

**1:3 "[3]Nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan niya"** Ang Logos ay ang kinatawan ng Ama sa paglilikha ng parehong nakikita at di-nakiktang bagay (cf. v. 10; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2). Ito'y kahalintulad ng gawain ng karunungan sa Awit 104:24 and Kawikaan 3:19; 8:12-23 (sa Hebreo "karunungan" ay isang PAMBABAENG kasarian PANGNGALAN).

▣ **"at walang anumang nilikha nang hindi sa pamamagitan niya"** Ito ay pagpapabulaanan sa maling katuruan ng mga Gnostiks ng maka-anghel na laksang panahon sa pagitang ng mataas, mabuting diyos at mas mababang espiritwal na nilalang na nabuo sa noon pa mang pasimulang bagay. (tignan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, D).

**1:4 "sa kanya ay may buhay"** Ang pariralang ito ay nagbibigay diin na ang "buhay" ay mismong nangagaling sa Anak, ang Salita. Si Juan ay gumamit ng katagang, *zoē*, para tukuyin ang muling pagkabuhay, walang hanggang buhay, ang buhay ng Diyos (cf. 1:4; 3:15,36; 4:14,36; 5:24,26,29,39,40; 6:27,33,35,40,47,48,51,53, 54,63,65, etc). Ang ibang katagang Griyego para sa "buhay," *bios,* ay ginamit para sa makamundo o biolohikal na buhay. (cf. I Juan 2:16).

▣ **"at ang buhay ay siyang ilaw ng sangkatauhan"** Ang Ilaw ay isang karaniwang paghahalintulad na ginagamit ni Juan para sa katotohanan at kaalaman ng Diyos (cf. Juan 3:19; 8:12; 9:5; 12:46). Pansining ang buhay ay para sa lahat ng sangkatauhan (maaring banggit sa Awit 36:5-9)! Liwanag at kadiliman ay karaniwang ding mga paksa sa Dead Sea Scrolls. Madalas na ipinapahayag ni Juan ang kanyang sarili sa dualistikong (nagkokontrang) mga kataga at mga pangkat.

**1:5 "Nagliliwanag sa kadiliman ang ilaw"** Ito ay PANGKASALUKUYANG PAMANAHON, na nangangahulugan ng tuloy-tuloy na pagkilos. Si Hesus ay laging umiiral, ngunit ngayon lang Siya malinaw na naipakita sa mundo (cf. 8:12; 9:5; 12:46). Sa OT ang pisikal o pantaong pagpapakita ng Diyos ay madalas na ipinagkakakilanlan sa anghel ng Panginoon (cf. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22; Zacarias 3:1-2). Ang ilan ay naninindigan na ito ay ang Logos bago pa ang paglilikha.

## NATATANGING PAKSA: ANG ANGHEL NG PANGINOON

Isang kapuna-puna na ang kanyang pagka-Diyos ay ipinapakita ang Kanyang sarili sa pisikal na pangtaong anyo sa OT. Ang nagiging katanungan tungkol sa Trinidad ay kung sinong persona sa Trinidad ang gumagawa ng kanyang bahagi. Yamang ang Diyos Ama (YHWH) at ang Kanyang Espiritu ay nananatiling hindi sa laman, possible marahil itong nagmumungkahi na ang mga pantaong manipestasyon ay ang Mesias bago ang pagkakatawang-tao.

Para ipahayag ang kahirapan na makakaharap ng isang tao na nagnanais na alamin ang pagpapakita ng Diyos mula sa maka-anghel na pagtatagpo ay tinala bilang mga pagsasalarawan.

1. ang anghel ng Panginoon bilang isang anghel
   a. Genesis 24:7,40
   b. Exodo 23:20-23; 32:34
   c. Bilang 22:22
   d. Hukom 5:23

e. II Samuel 24:16
f. I Chronika 21:15-30
g. Zacarias 1:12-13
2. ang anghel ng Panginoon bilang isang pagpapakita ng Diyos
a. Genesis 16:7-13; 18:1-19:1; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
b. Exodo 3:2,4; 14:19 (13:21)
c. Hukom 2:15; 6:22-24; 13:3-23
d. Osea 12:3-4
e. Zacarias 3:1-5

▣

**NASB, NKJV "at hindi ito naunawan ng kadiliman"**
**NRSV "at hindi ito nagapi kailanman ng kadiliman"**
**TEV "ang kadaliman ay hindi ito naalis"**
**NJB "at hindi ito napagtagumpayn ng kadiliman"**

Ang ugat na kahulugan ng katagang ito (*katalambanō)* ay "sumunggab." Samaktwid, ito'y nangangahulgang aliman sa (1) sumunggab upang magapi (cf. Mateo 16:18) o (2) sumunggab upang maunawaan o maintindihan. Ginamit marahil ni Juan ang ganitong kalabuan upang imungkahi na ang Ebanghelyo ni Juan ay naglalarawan ng dalawang pagkaunawa (e.g., "ipinanganak muli at/o "ipinanganak mula sa taas," 3:3 at "hangin" at/o "espiritu," 3:8).

Ang PANDIWA (*katalambanō*) ay nakita lamang ng dalawang beses sa mga sulat ni Juan (ang paglitaw sa 8:3,4 ay wala sa orihinal). Sa 1:5 ang kadiliman ay hindi makaunawa/makagapi at sa 12:35 ang kadiliman na di tumatanggap sa liwanag (Hesus/ebanghelyo) ay lalampasan. Ang di pagtanggap ay magbubunga sa pagkalito; ang pagtanggap ay magbubunga sa pagsamba!

Manfred T. Brauch, *Abusing Scripture, p. 35*, ay naglalarawan sa kalagayan ng tao.

1. pagkaligaw, Lucas 15
2. kadiliman, Juan 1:5
3. pagkapoot, Roma 5:10
4. pagkahiwalay, Efeso. 2:15-17
5. di-makaDiyos, Roma 1:18
6. pagkatiwalag sa buhay ng Diyos, Efeso 4:17-18
7. ang pinakamahusay na buod ng kasalanan ng tao ay matatagpuan sa Roma 1:18-3:23

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:6-8

**6At naparito si Juan, na isinugo ng Diyos. 7upang magpatotoo sa mga tao patungkol sa ilaw at upang ang lahat ay sumampalataya dito. 8Hindi siya ang ilaw subalit *naparito siya* upang magpatotoo patungkol sa ilaw.**

**1:6-8** Ang mga talatang ito at v. 15 (isang pampanaklong na pagbabalik-tanaw) ay nagtala ng patotoo ni Juan Bautista kay Hesus. Siya ang huling OT na propeta. Napakahirap na ilagay ang mga talatang ito sa patulang anyo. May matinding pagtatalo sa mga iskolar kung ang panimulang ito ay isang tula o tuluyan.

Si Juan Bautista ay ang huling OT na propeta (sa kahulugan ng kanyang mensahe at perspektibo). Siya ang tagapauna na hinulaan sa Malakias 3:1 at 4:5 (cf. Juan 1:20-25). Si Apostol Juan ay maaring isingit ang vv. 6-8 dahil sa sinaunang di pagkakaunawaan na nabuo sa panahon ni Juan Bautista (cf. Lucas 3:15; Gawa 18:25; 19:3). Si Juan, na sumusulat ng huli sa ibang mga manunulat ng Ebanghelyo, ay nakita ang pagbuo ng problemang ito.

Nakakawiling pansinin na si Kristo ay inilarawan sa DI GANAP NA PAMANAHON (pre-existence) na mga PANDIWA, habang si Juan ay inilarawan sa AORIST (naipakita sa panahon) at GANAP NA PAMANAHON (isang makaysayang pangyayari na may pangmatagalang kahahantungan) MGA PANDIWA (cf. v. 6). Si Hesus ay nananatiling umiiral.

**1:7 "upang sa pamamagitan niya'y magsisampalataya ang lahat"** Ito ay isang layuning sugnay. Ang Ebanghelyo ni Juan, gaya ng iba pang mga Ebanghelyo (isang naiibang Kristyanong *genre*), isang polyetong pang-ebanghelyo. Isa itong kahanga-hanggang pag-aalok ng kaligtasan sa lahat ng magpapakita ng pananampalataya kay Kristo, na siyang ilaw ng sanlibutan. (cf. v. 12; Juan 3:16; 4:42; 20:31; I Timoteo 2:4; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:1; 4:14).

**1:7,12 "manampalataya"** Ang PANDIWANG ito ay ginamit ng 78 na ulit sa Ebanghelyo ni Juan, 24 na ulit sa mga sulat ni Juan. Nakakawiling tignan na ang Ebanghelyo ni Juan ay hindi gumamit sa anyong PANGALAN, tanging ang PANDIWA lang. Ang

paniniwala ay hindi pangunahin sa intelektwal o makadamdamin pagtugon, ngunit sa pasimula ay kusang pagtugon. Ang Griyegong salitang ito ay isinalin sa tatlong Ingles na mga kataga: manilawa, magtiwala, at manampalataya. Ito kapareho sa "salabungin Siya" (cf. v. 11), at "tanggapin Siya" (cf. v. 12). Ang Kaligtasan ay walang bayad batay sa biyaya ng Diyos at sa natapos na gawain ni Kristo, ngunit ito ay dapat na tanggapin. Ang Kaligtasan ay kasunduang ugnayan na may mga pribilehiyo at pananagutan.

## NATATANGGING PAKSA: PANANAMPALATAYA, MANIWALA, O PAGTITIWALA

**(*Pistis* [PANGNGALAN], *Pisteuō,* [PANDIWA], *Pistos* [PANG-URI])**

A. Ito'y tiyak na mahalagang kataga sa Bibliya (cf. Hebreo 11:1,6). Ito ay paksa ng naunang mga pangaral ni Hesus (cf. Marcos 1:15). Mayroong higit sa dalawang pangangailangan para sa bagong kasunduan: pagsisi at pananampalataya (Marcos 1:15; Gawa 3:16,19; 20:21).

B. Ang etimolohiya nito

1. Ang salitang "Pananampalataya" sa OT ay nangangahulugang katapatan, matayog na katapatan, o mapagkakatiwalaan at siyang naglalarawan sa kalikasan ng Diyos at hindi sa atin.
2. Ito'y nagsimula sa katagang Hebreo (*emun, emunah*), na nangangahulugang "maging tiyak o matatag." Ang pananampalatayang nagliligtas ay pagsang-ayong mental (pangkat ng mga katotohanan), mabuting pamumuhay (isang pamumuhay), at higit sa lahat ay may pakikipag-ugnay (pagtanggap sa isang tao) at kusang pananagutan (isang pagpapasiya) sa isang tao.

C. Ang pagkagamit nito sa OT

Dapat na pagdiininan na ang pananamapalataya ni Abraham ay hindi sa paparating na Tagapagligtas, ngunit sa pangako ng Diyos na siya ay magkakaroon ng anak at mga inapo (cf. Genesis 12:2; 15:2-5; 17:4-8; 18:14). Tumugon si Abraham sa pangako ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala. Mayroon siyang mga ilang mga alinlangan at problema tungkol sa pangakong ito, na umabot ng higit sa labintatlong taon bago matupad. Ang kanyang di ganap na pananampalataya, sa kabila nito, ay tinanggap pa rin ng Diyos. Ang Diyos ay kusang-loob na gumagawa sa mga taong may bahid dungis na tumutugon sa Kanya at sa Kanyang mga pangako sa pamamagitan ng pananampalataya, kahit na kasing liit man ito ng buto ng mustasa. (cf. Mateo 17:20).

D. Ang pagkagamit nito sa NT

Ang salitang "maniwala" ay nagmula sa Greyigong salita (*pisteuō*) na maari ding isalin sa "maniwala," "manampalataya," o "magtiwala." Halimbawa, ang PANGALAN hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginagamit. Sa Juan 2:23-25 may hindi pagkakatiyak sa sa pagiging totoo ng mga pananagutan ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang Mesias. Ilang mga halimbawa na may mababaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong Biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sinusundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

E. Ang gamit nito kasama ng mga PANG-UKOL

1. *eis* ay nangangahulugang "sa." ng naiibang pagbuo nito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 12:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   e. sa kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)
   f. sa Ilaw (Juan 12:36)
   g. sa Diyos (Juan 14:1)
2. *en* ay nangangahulugang "nasa" gaya sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14
3. *epi* ay nangangahulugang "sa" or sa ibabaw ng, gaya ng nasa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5,24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Ped. 2:6
4. ang DATIVE CASE na walang PANG-UKOL na nasa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10
5. *hoti*, na ibig sabihin "paniwalaan na," ay nagbibigay ng laman sa kung ano ang paniniwalaan
   a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (Juan 6:69)
   b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)
   c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)
   d. Si Hesus ay ang Tagapagligtas (Juan 11:27; 20:31)

e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)
f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)
g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)
h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)
i. Si Hesus ay ipinakilala ang Kanyang sarili sa kasunduan panganlan ng Ama, "Ako nga" (Juan 8:24; 13:19)
j. Tayo ay mabubuhay na kasama Niya (Roma 6:8)
k. Si Hesus ay namatay ang muling nabuhay (I Thesalonica 4:14)

**1:8** Maaaring si Apostol Juan, na sumusulat ng huli sa iba pang mga manunulat ng Ebanghelyo, ay nakita ang nabuong suliranin sa mga tagsunod ni Juan Bautista na hindi nakarinig o tumanggap kay Kristo (cf. Gawa 18:25-19:7).

## NATATANGING PAKSA: PATOTOO KAY HESUS

The PANGNGALANG (*marturia*) at ang PANDIWA nito (*martureō*) na "saksi" ay mga susing kataga ni Juan. Maraming mga sumaksi kay Hesus.

1. Juan Bautista (cf. Juan1:7,8,15; 3:26,28; 5:33)
2. Si Hesus mismo (cf. Juan 3:11; 5:31; 8:13-14)
3. ang babaeng Samaritana (cf. Juan 4:39)
4. ang Diyos Ama (cf. Juan 5:32,34,37; 8:18; I Juan 5:9)
5. Banal na Kasulatan (cf. Juan 5:39)
6. ang mga tao sa pagbuhay kay Lazarus (cf. Juan 12:17)
7. ang Espiritu (cf. Juan 15:26-27; I Juan 5:10,11)
8. ang mga alagad (cf. Juan 15:27; 19:35; I Juan 1:2; 4:14)
9. ang mismong may-akda (cf. Juan 21:24)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:9-13

**9 Ito ang tunay na ilaw, dumarating ito sa sanlibutan, upang magbigay liwanag sa lahat ng tao. 10 Dumating ang Salita sa sanlibutan ngunit hindi siya kinilala ng sanlibutang ito na nilikha sa pamamagitan niya. 11 Pumunta siya sa kanyang bayan ngunit hindi siya tinanggap ng sarili niyang kababayan. 12 Subalit ang lahat ng tumaggap at sumasampalataya sa kanya ay binigyan niya ng karapatang maging mga anak ng Diyos, 13 sila nga ay naging mga anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan o sa kagustuhan o sa kagagawan ng tao kundi ang pagiging anak nila ay dahil sa kalooban ng Diyos.**

**1:9 "ang tunay na ilaw"** Ito ay "tunay" sa kahulugan na tapat o totoo, hindi lang kabaliktaran ng kasinungalingan. Ito ay maiuugnay sa maling mga *Christology* noong unang siglo. Ito ay karaniwang PANG-URI sa mga kasulatan ni Juan (cf. 4:23,37; 6:32; 7:28; 15:1; 17:3; 19:35 and I Juan 2:8; 5:20 at sampung ulit sa Pahayag). Tignan Natatanging Paksa: Katotohanan sa 6:55 at Ang Sanlibutan sa 14:17. Si Hesus ay ilaw ng sanlibutan (cf. 3:19; 8:12; 9:5; 12:46; I Juan 1:5,7; 2:8,9,10). Ang mga Mananampalataya ay umaaninag ng Kanyang ilaw (cf. Filipos 2:15). Ito ay matalim na pagkakaiba sa tunay na kadiliman na nasa hanay ng mga nilalang dahil sa paghihimagsik

1. sangkatauhan
2. mga anghel

▣ **"dumarating ito sa sanlibutan"** Ginagamit ni Juan nag pariralang ito para tukuyin ang pag-alis ni Hesus sa kalangitan, ang espiritwal na dimensyon, at pumasok sa pisikal na dimensyon ng oras at lugar (cf. 6:14; 9:39; 11:27; 12:46; 16:28). Sa talatang ito tinutukoy ang pagsasakatawang-tao ni Hesus. Isa ito sa karaniwang dualismo sa mga panitikan ni Juan (i.e., taas vs. baba).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"magbigay liwanag sa lahat ng tao"** |
| **NKJV** | **"nagbibigay liwanag sa lahat ng tao"** |
| **NRSV** | **"nagbibigay liwanag sa lahat"** |
| **TEV** | **"nagliliwanag sa lahat ng tao"** |
| **NJB** | **"na nagbibigay liwang sa lahat"** |

Ang pariralang ito ay mauunawaan sa dalawang paraan. Una, sa pagpapalagay ng isang kulturang Griyegong kapaligiran, ito'y tumutukoy na panloob na ilaw ng kapahayagan ng bawat tao, ang banal na kislap. Sa ganitong paraan binigyan kahulugan ng mga Quakers ang talatang ito. Gayunpaman, ang kaunawaang ito ay kailanman ay di nakita kay Juan. Para kay Juan, ang "ilaw" ay nagbubunyag ng kasamaan ng sangkatauhan (cf. 3:19-21).

Ikalawa, ito'y maaaring hindi tumutukoy sa kapahayagan sa kalikasan (na ang Diyos ay makikilala sa kalikasan [cf. Awit 19:1-5; Roma 1:19-20] o ang panloob pag-uugali [cf. Roma 2:14-15]), ngunit mas lalo, sa pag-aalok ng Diyos ng kalinawan at kaligtasan sa pamamagitan ni Hesus, ang nag-iisang tunay na ilaw.

**1:10 "ang sanlibutan"** Si Juan ay gumagamit ng mg katagang *kosmos* sa tatlong magkakaibang paraan.

1. ang pisikal na daigdig (1:10,11; 11:9; 16:21; 17:5,24; 21:25)
2. ang sangkatauhan (1:10,29; 3:16,17; 4:42; 6:33; 12:19,46-47; 18:20)
3. ang bumagsak na sangkatauhang organisado at gumagawa ng lihis sa Diyos (7:7; 15:18-19; I Juan 2:15; 3:1,13)

Sa kontekstong ito ang #2 ang naaangko. Tignan Natatanging Paksa sa 14:17.

▣ **"hindi siya kinilala ng sanlibutang ito "** Alinman sa makasalanang mga bayan ng Hentil o ang piniling bayan ng Hudyo ay nakakilala kay Hesus bilang pinangakong Tagapagligtas/Mesias. Ang katagang "makilala" ay nagpapakita ng Hebreong pantawag ng malalim na pakikipag-pakikipag-ugnayan na higit sa pang-intelektuwal na pagtanggap sa mga katotohanan (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5).

## NATATANGING PAKSA: MAKILALA
## (kadalasang paggamit ng Deuteronomio bilang isang huwaran)

Ang Hebreong salita na "makilala" (BDB 393) ay may maraming pagkakaunawa (*semantic fields*) sa *Qal.*

1. upang malaman ang mabuti o masama – Genesis 3:22; Deuteronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonas 4:11
2. upang makakilala sa pamamagitan ng pagunawa – Deuteronomio 9:2,3,6; 18:21
3. upang makakilala sa pamamagitan ng karanasan – Deuteronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2; 20:20; 31:13; Joshua 23:14
4. upang isaalang-alang – Deuteronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. para makilala nang personal
   a. ang isang tao – Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deuteronomio 22:2; 33:9
   b. ang isang diyos – Deuteronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
   c. YHWH – Deuteronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
   d. pagtatalik – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kasanayan o kaalaman – Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong – Deuteronomio 29:4; Kawikaan 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. Karunungan ng Diyos
   a. ni Moses – Deuteronomio 34:10
   b. ng Israel – Deuteronomio 31:21,27,29

**1:11 "Pumunta siya sa kanyang bayan ngunit hindi siya tinanggap ng sarili niyang kababayan"** " Kanyang bayan" ay ginamit ng dalawang beses sa v. 11. Ang unang gramatikong anyo ay WALANG-KASARIANG MARAMIHAN at tumutukoy sa (1) lahat ng nilalang o (2) heograpiya sa Judea o Herusalem. Ang pangalawa ay PANLALAKI NA MARAMIHAN at tumutukoy sa lahi ng Hudyo.

1:12 **"Subalit ang lahat ng tumaggap sa Kanya"** Nagpapakita ito ng bahagi ng sangkatauhan sa kaligtasan (cf. v. 16). Ang tao ay dapat na tumugon sa pag-aalok ng Diyos ayon sa biyaya ni Kristo (cf. 3:16; Roma 3:24; 4:4-5; 6:23; 10:9-13; Efeso 2:8-9). Ang Diyos ay tiyak na pinakamakapangyarihan, ngunit sa Kanyang pagiging mataas pinangunahan Niya ang isang may batayang kasunduang ugnayan sa makasalanang sanlibutan. Ang makasalang tao ay kailangang magsisi, maniwala, sumunod at magpatuloy sa pananampalatataya.

Ang kaunawaang "pagtanggap" ay teolohikal na kahanay sa "pag-aamin," na nagpapakita ng pang-madlang paghahayag ng pananampalataya kay Hesus bilang Kristo (cf. Mateo. 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; I Timoteo 6:12; I Juan 2:23; 4:15). Ang kaligtasan ay regalo na dapat tanggapin at kilalanin.

Yaong mga "tumanggap" kay Hesus (1:12) ay tinanggap ang Ama na nagsugo sa Kanya (cf. 13:20; Mateo 10:40). Ang kaligtasan ay personal na pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos!

■ **"binigyan niya ng karapatan"** Ang Griyegong kataga (i.e., *exousia*) ay nangangahulugang (1) legal na awtoridad o (2) karapatan o pribilehiyo (cf. 5:27; 17:2; 19:10,11). Sa pamamagitan ng pagiging anak ni Hesus at ang Kanyang banal na misyon, ang nalugmok na sangkatauhan ay maari nang makilala ang Diyos at kilalanin Siyang Diyos at Ama.

■ **"maging mga anak ng Diyos"** Ang manunulat ng NT ay laging gumagamit ng kilalang mga talinghaga para ilarawan ang Kristyanismo (1) Ama; (2) Anak; (3) mga anak; (4) ipanganak na muli; at (5) pag-ampon. Ang Kristyanismo ay kagaya ng isang pamilya, hindi isang produkto (isang tiket sa langit, isang paniniguro laban sa apoy). Ang mga mananampalataya kay Kristo ay naging bagong ekastolohikal na "tao ng Diyos" Bilang mga anak dapat tayong magpakita ng katangian ng Ama, gaya ng ginawa ng "natatanging" (cf. v. 14; 3:16) Anak (cf. Efeso 5:1; I Juan 2:29; 3:3). Anong nakakagimbal na titulo para sa mga makasalanan (cf.11:52; Roma 8:14,16,21; 9:8; Filipos 2:15; I Juan 3:1,2,10; 5:2; Osea 1:10 binanggit sa Roma 9:26; at sa II Corinto 6:18).

Nakakawili ding tignan na ang dalawang Griyegong kataga para sa mga anak, isa rito ay laging ginagamit ni Hesus (*huios*), samantalang ang isa ay (*teknon, tekna*) na ginamit ng mga mananampalataya. Ang mga Kristyano ay mga anak ng Diyos, ngunit hindi sila kagaya sa uri ng sa Anak ng Diyos, si Hesus. Ang Kanyang ugnayan ay naiiba ngunit may pagkakatulad.

Ang salitang "iglesia" (*ekklēsia*) ay di nakita sa Marcos, Lucas o Juan. Sila ay gumagamit ng magkakaugnay na talinghaga para sa bagong dinamikong pang-isahan at pangmaramihang sa pakikipisan ng Espiritu.

■ **"sumasampalataya sa kanya"** Ito ay PANGKASALUKUYAN AKTIBONG PANDIWARI na ibig sabihin ay "yaong nagpapatuloy maniwala." Ang pinag-ugatang pinanggalingan ng katagang ito ay nakatulong na maitayo ang pangkasalukuyang kahulugan.Sa Hebreo ito ay orihinal na tumutukoy sa isang tao na may matatag na pagkakatayo. Ito ay kalaunang ginamit bilang isang talinghaga para sa isang taong masasandigan, tapat, o mapagkakatiwalaan. Ang Griyegong katumbas nito ay isinalin sa Ingles na katagang ("pananampalataya," "maniwala," at "pagtitiwala"). Ang Biblikal na pananampalataya o pagtitiwala ay hindi isang bagay na ating ginagawa, ngunit isang tao na ating pinaglalagakan n gating tiwala. Ang pagiging katiwa-tiwala ng Diyos, hindi sa atin, ang dapat nating tignan. Ang makasalanang sangkatauhan ay nagtitiwala sa mapagkakatiwalaang Diyos, nanampalataya sa katapatan ng Diyos, naniniwala sa kanyang Minamahal. Ang pagtingin ay hindi sa dami o tindi ng pananampalataya ng tao, kundi sa tinitignan ng pananampalatayang yaon. Tignan ang Natatanging Paksa sa 1:7 and 2:23.

■ **"sa Kanyang pangalan"** Sa OT ang pangalan ng isang persona ay napakahalaga. Ito ay puno ng pag-asa/potensyal na propesiya patungkol sa kanilang katangian o paglalarawan ng kanilang katangian. Ang paniniwala sa pangalan ay paniniwala at pagtanggap sa persona. (cf. 2:23; 3:18; 20:31; I Juan 5:13). Tignan ang Natatanging Paksa: Ang Pangalan ng Panginoon sa 14:13-14.

**1:13**
**NASB, NKJV,**
**NRSV** **"sila nga ay naging mga anak ng Diyos, hindi dahil sa isinilang sila ayon sa kalikasan o sa kagustuhan o sa kagagawan ng tao "**
**TEV** **"sila'y hindi naging anak ng Diyos sa likas na paraan, yun bang sa, sa pamamagitan ng pagsilang at maging anak ng isang taong ama"**
**NJB** **"yaong ipinanganak na hindi mula sa punla ng tao o pagnanasa ng laman o kalooban ng tao"**

Ilan sa mga sinaunang ama ng iglesya na sina (i.e., Irenaeo, Origen, Tertulliano, Ambrose, Jeromo, Augustino) ay nakikita ang pariralang ito na tumutukoy kay Hesus (i.e., PANG-ISAHAN), ngunit ang nangingibabaw na katunayang Griyegong tekstwal ay may PANGMARAMIHAN (ang PANGMARAMIHAN ng salitang ito ay matatagpuan lamang dito sa NT; UBS[4] inuri ito bilang "A"), na nangangahulugang ang talatang ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya ni Hesus (cf. 3:5; I Pedro 1:3,23), samakatwid, ito'y tumutukoy hindi sa makalahing pribilehiyo o sa pantaong pangkasariang pinagmulan (lit. "mga dugo"), ngunit sa pagpili at pagtawag ng Diyos sa mga magtitiwala sa Kanyang Anak (cf. 6:44,65). Ang mga talatang 12 at 13 ay nagpapakita ng pangkasunduang angkupan sa kapangyarihan ng Diyos at ang pangangailangan ng pagtugon ng tao.

Ang Griyegong PANDIWA (AORIST PASSIVE INDICATIVE) ay inilagay ng huli sa Griyegong pangungusap para sa pagbibigay-diin. Binibigyan-diin nito ang pangunguna at makapangyarihang tungkuling ng Diyos sa ikalawang kapanganakan (i.e., "ngunit sa Diyos," na siyang bahagi ng huling parirala.cf. 6:44,65).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:14-18

**[14]At nagkatawang-tao ang Salita, at tumahan sa gitna natin (at nakita namin ang kaniyang kaluwalhatian, kaluwalhatian gaya ng sa bugtong ng Ama), na puspos ng biyaya at katotohanan. [15]Pinatotohanan siya ni Juan, at sumigaw, na nagsasabi, "Ito yaong aking sinasabi, 'Ang pumaparitong nasa hulihan ko ay magiging una sa akin: sapagka't siya'y una sa akin.'" [16]Sapagka't sa kaniyang kapuspusan ay nagsitanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya. [17]Sapagka't ibinigay sa pamamagitan ni Moises ang kautusan; ang biyaya at ang katotohanan ay nagsidating sa**

**pamamagitan ni Hesukristo. [18]Walang taong nakakita kailan man sa Diyos; ang bugtong na Anak, na nasa sinapupunan ng Ama, siya ang nagpakilala sa kanya.**

**1:14 "nagkatawang-tao ang Salita"** Si Juan ay inaatake ang maling doktrina ng mga Gnostiko, na nagpipilit na pagsamahin ang Kristyanismo sa kaisipang paganong Griyego. Si Hesus ay tunay na tao at tunay na Diyos (cf. I Juan 4:1-3) sa pagsasakatuparan ng pangako ng Immanuel (cf. Isaias 7:14). Ang Diyos ay kinuha ang pananahan bilang isang tao kasama ang makasalanang sangkatauhan. (pang-literal, "itinirik ang Kanyang Tolda"). Ang katagang "laman" sa Juan ay hindi kailanman nagtutukoy sa likas na kasalananan gaya ng sa mga kasulatan ni Pablo.

## NATATANGING PAKSA: LAMAN (*sarx*)

Ito ay tumutukoy sa makataong karunungan o makamundong pamantayan (cf. I Corinto 1:20; 2:6,8; 3:18). Si Pablo ay gumagamit ng terminolohiyang "laman" (i.e., *sarx*) sa maraming mga kaparaanan sa kanyang mga kasulatan.

1. ang katawan ng tao (cf. Roma 2:28; I Corinto 5:5; 7:28)
2. angkan ng tao (i.e., father-son, cf. Roma 1:3; 4:1; I Corinto10:18)
3. sangkatauhan sa kabuuan (cf. I Corinto 1:26,29)
4. kahinaan ng tao dahil sa pagbagsak ng sangakatauhan sa Genesis 3 (cf. Roma 6:19; 7:18)

▣ **"nanahan ng kasama natin"** pang-literal, ito ay "kinuha ang pananatili." Ito ay may pang Hudyong kinagisnan mula sa panahon ng paglalagalag sa ilang at ng Tabernakulo (cf. Pahayag 7:15; 21:3). Nang lumaon ang mga Hudyo ay tinawag ang karanasan ng paglalagalag bilang "panahon ng pulot-gata" sa pagitan ni YHWH at ng Israel. Ang Diyos ay higit na naging mas malapit sa Israel kaysa sa ibang mga panahon. Ang pang-hudyong kataga para sa natatanging banal na ulap na naggabay sa Israel ng panahong yaon ay "ang *Shekinah,"* ang Hebreong katagang "manahan ng kasama ang."

▣ **"nakita naming ang Kanyang kaluwalhatian"** Ang OT *kabod* (kaluwalhatian) ay binigyan katauhan, pagsasakatawang-tao. Ito ay tumutukoy sa (1) isang bagay sa buhay ni Hesus gaya ng traspigurasyon o ang pag-akyat sa langit. (i.e., maka-apostol na patotoo, cf. II Pedro 1:16-17) ay o (2) ang konsepto na ang di-nakikitang YHWH ay nakikita na ngayon at lubusang makikilala. Ito ay parehong pagdidiin sa I Juan 1:1-4, na siya ring pagbibigay-diin sa pagiging tao ni Hesus na sumasalunggat sa maling pagbibigay-diin ng mga Gnostic sa di matanggap na ugnayan ng espiritu at material.

Sa OT ang higit na payak na salita ng Hebreo para sa "kaluwalhatian" (*kabod*, BDB 458 ) ay isang orihinal na katagang pagkalakal (na tumutukoy sa isang pares na timbangan), pang-literal, "maging mabigat" Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang kaunawaan sa kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (i.e., una sa Mt. Sinai, ang ulap na *Shekinah* kaluwalhatian, *eschatological* na ilaw, cf. Exodo 13:21-22; 24:17; Isaias 4:5; 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasdan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exodo 33:17-23; Isaias 6:5). Ang Diyos ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan 1:14, 18; Colosas 1:15; Hebreo 1:3).

## NATATANGING PAKSA: KALUWALHATIAN (*DOXA*)

Ang biblical na konsepto ng "kaluwalhatian" ay mahirap maipaliwanag. Ang kaluwalhatian ng mga mananaplataya ay ang naintidihan nila ang ebanghelyo at kaluwalhatian ng Diyos, hindi sa kanilang mga sarili. (cf. 1:29-31; Jeremias 9:23-24).

Sa OT ang karaniwang salitang Hebreo para sa "kaluwalhatian " (*kbd*, BDB 217) ay isang orihinal na katagang pangkalakalan na tumutukoy sa isang pares na timbangan, sa pang-literal, "maging mabigat" Na anumang mabigat ay mahalaga o may likas na halaga. Kadalasan ang konsepto ng kaningningan ay idinadagdag sa salita para maipakita ang kataasan ng Diyos. (cf. Exodo 19:16-18; 24:17; Isaias 60:1-2). Siya lamang ang karapat-dapat at marangal. Siya rin ay lubhang makinang para pagmasadan ng makasalanang sanlibutan. (cf. Exod 33:17-23; Isaias 6:5). Si YHWH ay totoong makikilala lamang sa pamamagitan ni Kristo (cf. Jeremias 1:14; Mateo17:2; Hebreo 1:3; Santiago 2:1).

Ang katagang "kaluwalhatian" ay minsang hindi maliwanag.

1. ito ay maaring kahanay ng "ang katwiran ng Diyos"
2. ito ay maaring tumukoy sa "kabanalan" o "kasakdalan" ng Diyos
3. ito ay maaring tumutukoy sa larawan ng Diyos na kung saan ang sangkatauhan ay nilikha. (cf. Genesis 1:26-27; 5:1; 9:6), ngunit sa kalaunay nabahiran ng paghihimagsik. (cf. Genesis 3:1-22). Ito ay unang ginamit sa presensya ni YHWH sa kanyang mga tao sa paglalagalag sa ilang sa Exodo 16:7,10; Levitico 9:23; and Bilang 14:10.

▣

**NASB, NKJV** **"kaluwalhatian ng nasa bugtong na Anak na nagmula sa Ama"**
**NRSV** **"ang kaluwalhatian ng nasa Ama ng gaya ng nasa Anak"**
**TEV** **"Ang kaluwlahatian na kanyang natanggap bilang isang bugtong na Anak"**
**NJB** **"ang kaluwalhatian na nasa kanya bilang nagiisang bugtong na Anak ng Ama"**

Ang katagang "bugtong" (*monogenēs*) ay nangangahulugang "naiiba," "nagiisa lamang" (cf. 3:16,18; I Juan 4:9, tingnan kay F. F. Bruce, sa *Answers to Questions*, pp. 24-25). Ang Vulgata ay isinalin ito sa "nag-iisang bugtong" at sa kasamaang-palad, ang mas matandang saling Ingles ay sinunod ito (cf. Lucas 7:12; 8:42; 9:38; Hebreo 11:17). Ang pagtingin ay ang pagiging-isa at walang katulad, hindi sa pagkasariang salinlahi.

▣ **"Ama"** Ang OT ay ipinakilala ang malalim na pampamilyang talinghaga ng Diyos bilang Ama.

1. ang bayan ng Israel ay madalas na nilalarawan bilang anak ni YHWH (cf. Osea 11:1; Malakias 3:17)
2. maging ang sinaunang paghahambing sa Deuteronomy ay ginamit ang Diyos bilang Ama (1:31)
3. sa Deuteronomio 32 ang Israel ay tinawag na "kanyang mga anak" at ang Diyos ay tinawag na "ang iyong Ama"
4. ang paghahambing na ito ay naipahayag sa Awit 103:13 at yumabong sa Awit 68:5 (ang Ama ng mga ampon)
5. ito'y karaniwan sa mga propeta (cf. Isaias 1:2; 63:8; Israel bilang anak, Diyos bilang Ama, 63:16; 64:8; Jeremias 3:4,19; 31:9).

Kunuha ni Hesus ang paghahambing at pinalalim ni Hesus ito sa buong pamilyang pakikipag-ugnayan, lalong-lalo na sa Juan 1:14,18; 2:16; 3:35; 4:21,23; 5:17,18,19,20,21,22,23,26,36,37,43,45; 6:27,32,37,44,45,46,57; 8:16,19,27,28,38,42,49,54; 10:15,17,18, 25,29,30,32, 36 37,38;11:41;12:26,27,28,49,50; 13:1; 14:2,6,7,8,9,10,11,12,13,16,20,21,23,24,26,28,31; 15:1,8,9,10,15,16,23,24,26; 16:3,10,15,17,23,25,26,27,28,32; 17:1,5,11,21,24,25; 18:11; 20:17,21!

▣ **"puspos ng biyaya at katotohanan"** Ang dalawahang ito ay sinusundan ang OT na katagang *hesed* (mapagkasundong pagmamahal at katapatan) at *emeth* (mapagkakatiwalaan) na ginamit at pinalawak sa Exodo 34:6; Nehemiah 9:17; Awit 103:8, parehong salita ay nagsama sa Kawikaan 16:6. Ito ay naglalarawan sa katangian ni Hesus (cf. v. 17) sa magpagkasundong kataga sa OT. Tingnan ang natatanging Paksa sa Katotohanan sa 6:55 at 17:3.

## NATATANGING PAKSA: KAGANDAHANG-LOOB (*HESED*)

Ang katagang ito ay may malawak na semantikong saklaw. Ang BDB kinilala ito sa ganitong paraan (338-339).

A. Ginamit na may kinalaman sa mga tao
   1. Kagandahang loob sa kapwa tao (e.g., I Samuel 20:14; II Chronika 24:22)
   2. Kagandahang loob sa mga mahirap at nangangailangan (e.g., Mica 6:8)
   3. Pagsinta(cf. Jeremias 2:2; Osea 6:4)
   4. anyo (cf. Isaias 40:6)

B. Ginamit na may kinalaman sa Diyos
   1. Pangkasundng katapatan at pagmamahal
      a. "sa pagtutubos mula sa kaaway at kabagabagan (e.g., Jeremias 31:3; Ezra 7:28; 9:9)
      b. "sa pagpapanatili ng buhay mula sa kamatayan" (e.g., Job 10:12; Awit 86:13)
      c. "sa pagiging-buhay sa espiritwal" (e.g., Awit 119:41,76,88,124,149,150)
      d. "sa pagtubos mula sa kasalanan" (cf. Awit 25:7; 51:1)
      e. "sa pag-iingat ng mga kasunduan" (e.g., II Chronika 6:14; Nehemiah 1:5; 9:32)
   2. naglalarawan sa banal na katangian (e.g., Exodo 34:6; Micah 7:20)
   3. kabutihan ng Diyos
      a. "kasaganaan" (e.g., Nehemiah 9:17; Awit 103:8)
      b. "dakila sa hangganan" (e.g., Exodo 20:6; Deuteronomio 5:10; 7:9)
      c. "walang-hanggan" (e.g., I Chronika 16:34,41; II Chronika 5:13; 7:3,6; 20:21; Ezra 3:11)
   4. Mga gawa ng kabutihan (e.g., II Chronika 6:42; Awit 89:2; Isaias 55:3; 63:7; Panagoy 3:22)

## NATATANGING PAKSA: MANIWALA, MAGTIWALA, MANAMPALATAYA, AT KATAPATAN SA LUMANG TIPAN (אמן)

I. Paunang Pangungusap

Kailangan banggitin na ang paggamit ng teolohikal na pagkaunawa, ay napakahalaga sa NT, hindi ito malinaw na binigyan kahulgan sa OT. Ito ay tiyak na nandoon, ngunit iponakita sa ilang mga talata at mga katauhan.

Ang paghahalo sa OT

1. ang pangsarili at panlipunan
2. ang personal pagtatagpo at pangkasunduang pagsunod

Ang pananampalataya ay parehong personal pagtatagpo at pang-araw-araw na pamumuhay! Mas madaling ilarawan ang isang tao kaysa sa *lexical* na anyo. (i.e.,pag-aaral ng salita). Ang pangsariling aspeto ay pinakamahusay na mailalarawan kina

1. Abraham at ang lipi
2. David at Israel

Ang mga lalaking ito ay nasumpungan/ natagpuan ang Diyos at kanilang mga buhay ay pamalagiang nabago (hindi sakdal na mga buhay, ngunit nagpapatuloy sa pananampalataya). Ang pagsubok ay nagpapakita ng mga kahinaan at mga kalakasan ng kanilang pananampalataya sa pagtatagpo sa Diyos, ngunit ang malalim, mapagkakatiwalaang pakikipag-ugnayan ay magpapatuloy sa mahabang panahon! Ito ay sinubok at pinadalisay, ngunit itoy nagpatuloy bilang katunayan ng kanilang debosyon at lakad ng buhay.

II. Pangunahing Ugat na ginamit

A. אמן (BDB 52)

1. PANDIWA
   a. *Qal* na tangkay – sumuporta, palusugin (i.e., II Hari 10:1,5; Ester 2:7, ang di-teolohikal na pagkakagamit)
   b. *Niphal* na tangkay – siguruhin o patatagin, pagtibayin, patunayan, maging tapat o katiwa-tiawala
      (1) sa tao, Isaias 8:2; 53:1; Jeremias 40:14
      (2) sa mga bagay, Isaias 22:23
      (3) sa Diyos, Deuteronomio 7:9; Isaias 49:7; Jeremias 42:5
   c. *Hiphil* ang tangkay – tumayo ng matatag, maniwala, magtiwala
      (1) Naniwala si Abraham sa Diyos, Genesis 15:6
      (2) ang mga Israelita sa Ehipto ay naniwala Exodo 4:31; 14:31 (nawala sa Deuteronomio 1:32)
      (3) ang mga Israelita ay naniwala sa YHWH nagsalita sa pamamagitan ni Moses, Exodo 19:9; Awit 106:12,24
      (4) Si Ahaz ay hindi nagtiwala sa Diyos, Isa 7:9
      (5) kung sinoman ang maniwala sa kanya, Isaias 28:16
      (6) naniwala sa mga katotohanang tungkol sa Diyos Isaias 43:10-12
2. PANGNGALANG (PANGLALAKE)– katapatan (i.e., Deuteronomio 32:20; Isaias 25:1; 26:2)
3. PANG-ABAY – tunay nga, sa katotohanan, ako ay sumasang-ayon, maaring ito na nga (cf. Deuteronomio 27:15-26; I Hari 1:36; I Chronika 16:36; Isaias 65:16; Jeremias 11:5; 28:6). Ito ay ang liturhikal na gamit ng "amen" sa mga OT and NT.

B. אמת (BDB 54) PAMBABAENG PANGNGALAN, katatagan, katapatan, katotohanan

1. ng tao, Isaias 10:20; 42:3; 48:1
2. ng Diyos, Exodo 34:6; Awit 117:2; Isaias 38:18,19; 61:8
3. ng katotohanan, Deuteronomio 32:4; I Hari 22:16; Awit 33:4; 98:3; 100:5; 119:30; Jeremias 9:5; Zacarias 8:16

C. אמונה (BDB 53), katotohanan, pagiging matibay, katapatan

1. ng mga kamay, Exodo 17:12
2. sa mga panahon, Isaias 33:6
3. ng mga tao, Jeremias 5:3; 7:28; 9:2
4. ng Diyos, Awit 40:11; 88:11; 89:1,2,5,8; 119:138

III. Ang paggamit ni Pablo ng kaunawaang ito ng OT

A. Si Paul ay nagbatay ng kanyang pagkakaunawa ng YHWH at ang OT sa kanyang personal na pagtatagpo kay Hesus sa landas sa Damascus (cf. Gawa 9; 22; 26).

B. Natagpuan niya ang tulong ng OT sa kanyang bagong pagkakaunawa sa dalawang susing OT na talata na gumait ng ugat na אמן.

1. Genesis 15:6 – Ang personal na pagtatagpo ni Abraham na sinimulan ng Diyos (Genesis 12) na nagbunga sa masunuring buhay pananampalataya (Genesis 12-22). Binanggit ni Pablo ito sa Roma 4 at Galatia 3.

2. Isaias 28:16 – yaong mga naniwala dito ay (i.e., Ang Diyos ay nagsubok at matatag na naglagay ng patibayang bato) ay hindi kailanman

a. Roma 9:33, "mailalagay sa kahihiyan" o "mabigo"

b. Roma 10:11, kagaya nang nasa itaas

3. Habakuk 2:4 – yaong mga nakakilala sa tapat na Diyos ay dapat na mamuhay ng tapat na buhay (cf. Jeremias 7:28). Si Pablo ay gumamit ng talatang ito sa Roma 1:17 at Galacia 3:11 (tingnan din sa Hebreo 10:38).

IV. Ang paggamit ni Pedro ng kaunawaang ito ng OT

A. Pinagsama ni Pedro

1. Isaias 8:14 – I Pedro 2:8 (batong katitisuran)

2. Isaias 28:16 – I Pedro 2:6 (patibayang bato)

3. Awit 118:22 – I Pedro 2:7 (batong itinakwil)

B. Ibinaling niya ang natatanging wika na naglalarawan sa Israel, "ang piniling lahi, ang maharalikang pagkasaserdote, ang banal na bayan, ang tao para sa sariling pag-aari ng Diyos" mula sa

1. Deuteronomio 10:15; Isaias 43:21

2. Isaias 61:6; 66:21

3. Exodo 19:6; Deuteronomio 7:6

at ngayon ay ginagamit ito para pananampalataya ng iglesya kay Kristo

V. Ang paggamit ni Juan ng konsepto

A. Ang pagkakagamit sa NT

Ang katagang "naniwala" ay nagmula sa Griyegong katagang (*pisteuō*). na maaring maisalin sa "maniwala," manampalataya," o " magtiwala." Halimbawa, ang PANGNGALAN ay hindi nakita sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa Juan 2:23-25 mayroon hindi tiyak sa pagiging tunay ng mga pangako ng mga tao kay Hesus ng Nazaret bilang isang Mesias. Ibang mga halimbawa ng mapa-imbabaw na gamit ng katagang "maniwala" ay sa mga Juan 8:31-59 at Gawa 8:13, 18-24. Ang totoong biblikal na pananampalataya ay higit sa panimulang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagiging-alagad (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

B. Ang paggamit nito na may PANG-UKOL

1. *eis* nangunguhulang "sa." Ang natatanging pagkabuo na ito ay nagbibigay-diin sa mga mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus

a. sa Kanyang Pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)

b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45, 48; 12:37,42; Mateo 18:6; Gawa 10:43; Filipos 1:29; I Pedro 1:8)

c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)

d. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)

e. kay Hesus (Juan 12:11; Gawa 19:4; Galacia 2:16)

f. sa Liwanag (Juan 12:36)

g. sa Diyos (Juan 14:1)

2. *en* nangangahugang "nasa" gaya ng sa Juan 3:15; Marcos 1:15; Gawa 5:14

3. *epi* nangangahulugang "sa" or "sa ibabaw," gaya ng sa Mateo 27:42; Gawa 9:42; 11:17; 16:31; 22:19; Roma 4:5, 24; 9:33; 10:11; I Timoteo 1:16; I Pedro 2:6

4. ang DATIVE CASE na walang PANG-UKOL gaya ng sa Galacia 3:6; Gawa 18:8; 27:25; I Juan 3:23; 5:10

5. *hoti*, na nangangahulugang "paniwalaang ang," nagbibigay ng nilalaman ng kung ano ang paniniwalaan

a. Si Hesus ay ang Nag-iisang Banal ng Diyos (Juan 6:69)

b. Si Hesus ay ang Ako nga (Juan 8:24)

c. Si Hesus ay nasa Ama at ang Ama ay nasa Kanya (Juan 10:38)

d. Si Hesus ay ang Mesias (Juan 11:27; 20:31)

e. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (Juan 11:27; 20:31)

f. Si Hesus ay ipinadala ng Ama (Juan 11:42; 17:8,21)

g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (Juan 14:10-11)

h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (Juan 16:27,30)

i. Si Hesus ay kinilala ang sarili sa pangkasunduang pangalan ng Ama, “Ako ay” (Juan 8:24; 13:19)

j. Tayo ay mamumuhay ng kasama Niya (Roma 6:8)

k. Si Hesus ay namantay at muling nabuhay (I Thesalonica 4:14)

VI. Buod

Ang Biblikal na pananampalataya ay isang makataong pagtugon sa Banal na salita/pangako. Ang Diyos ay palaging nagsisimula (i.e., Juan 6:44,65), ngunit bahagi ng Banal na pakikipag-usap ay ang pangangailangan na ang tao ay tumugon.

A. pagtitiwala

B. pagtalima ayon sa kasunduan

Ang Biblikal na pananampalataya

1. isang personal na kaugnayan (panimulang pananampalataya)
2. ang paninindigan sa Biblikal na katotohanan (pananampalataya sa kapahayagan ng Diyos)
3. ang angkop na mapagtalimang pagtugon (pang-araw-araw na pananampalataya)

Ang Biblikal na pananapalataya ay hindi tiket sa langit o patakarang pagsisiguro. Ito ay personal na ugnayan. Ito ang layunin ang paglilikha at mga taong na ginawa ayon sa larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27) ng Diyos. Ang usapin ay “pagiging malapit.” Ninanais ng Diyos ang pakikipagsalamuha, hindi ang isang panindigan teolohikal! Ngunit ang pakikisalamuha kasama ang banal na Diyos ay nangangailang ang mga anak ay magpakita ng “pampamilyang” katangian (i.e., kabanalan, cf. Levitico 19:2; Mateo 5:48; I Pedro 1:15-16). Ang Pagbagsak (cf. Genesis 3) nakaapekto sa ating kakayahan na tumugon ng angkop. Samakatuwid, Kumilos ang Diyos para sa atin (cf. Ezekiel 36:27-38), binigyan tayo ng “bagong puso” at “bagong espiritu,” kung saan sa pamamagitan ng pananampalataya at pagsisisi, tayo ay nagkaroon ng pakikisalamuha ang pagsunod sa Kanya!

Lahat ng tatlong ito ay napakamahalaga. Ang lahat ng tatlo ay dapat mapanatili. Ang layunin ang makilala ang Diyos (kapwa Hebreo at Griyegong mga kaunawaan) at ipakita ang Kanyang katangian sa ating mga buhay. Ang tunguhin ng ating pananampalataya ay hindi ang langit balang-araw, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo araw-araw!

Ang pananampalataya ng tao ay ang bunga (NT), hindi ang batayan (OT) n gating pakikipag-ugnaya sa Diyos: ang pananampalataya ng tayo ay ang Kanyang katapatan; ang pagtitiwala ng tao ay ang Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan. Ang puso ng pananaw ng NT sa kaligtasan ay ang mga tao ay dapat may panimulang pagtugon at nagpapatuloy upang simulant ang biyaya at awa ng Diyos, na napakita sa kay Kristo. Siya ay minahal, Siya ay ipinadala, Siya ang naglaan; kailangan tayong tumugan nang may pananampalataya at katapatan (cf. Efeso 2:8-9 and 10)!

Ang matapat ng Diyos ay nais ng matatapat ng tao upang ihayag ang Kanyang sarili sa isang mundong walang pananampalataya at dalhin sila sa personal na pananampalataya sa Kanya.

**1:15 “sapagka't siya'y una sa akin”** Ito ang katuruan ni Juan Bautista na may malakas na panindigan sa *pre-existence* ni Hesus (cf. 1:1; 8:56-59; 16:28; 17:5; II Corinto 8:9; Filipos 2:6-7; Colosas 1:17; Hebreo 1:3; 10:5-8). Ang katuruan ng *pre-existence* at mangyayaring hula at nagpapatunay na may isang Diyos na mataas at higit sa kasaysayan, ngunit gumawa sa loob ng kasaysayan. Ito ay isang mahalagang bahagi ng isang Kristiyano/Biblical na pananawa sa mundo.

▣ Ang talatang ito ay hindi akma at maraming pagbabago sa pagsulat ang ginawa sa pagtangkang linawin at pagaanin ang talaga. Tingnan kay Bruce M. Metzger, sa *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, pp. 197-198.

Ito rin ay mabuting halimbawa kung paano ang mga pamanahon ng mga Griyegong pandiwa ay hindi mailagay sa pamantayan the Greek. Ito ay isang gawain sa nakalipas na naiulat sa KASALUKUYANG pamanahon. Tingnan sa Dagdag na Dahon Isaias

**1:16-18** Isa sa mga katangian ng Ebanghelyo ni Juan ay kung paanong hinahati ng may-akda sa makasaysayang tagpo, pag-uusap, o pulong na may pagtuturo kasama ang kanyang sariling mga puna. Kadalasan imposibleng Makita ang pagkakaiba sa pagitan ng mga salita ni Jesus, sa ibang tao at kay Juan. Karamihan ng mga palaaral ay nagpapahayag na ang vv. 16-19 ay kay Juan, na mga puna ng may-akda (cf. 3:14-21).

**1:16 “kapuspusan”** Ito ay Griyegong salita na *pleroma*. Ang mga bulaang mga gurong *Gnostic* ay ginamit ito upang ilarawan ang mga maka-anghel na mahabang panahon sa pagitan ng mataas na diyos at mababang espirituwal na mga nilalang. Si Hesus ay tagapamagitan lamang (i.e., ang katotohanan at tanging kapuspusan) sa gitna ng Diyos at tao (cf. Colosas 1:19; 2:9; Efeso 1:23; 4:13). Dito muli, tila inaatake ang maagang pananaw na *Gnostic* sa katotohanan.

▣
**NASB, NRSV "at biyaya sa biyaya"**
**NKJV "at biyaya para sa biyaya"**
**TEV "binibigyan tayo ng pagpapala pagkatapos ng isa pa"**
**NJB "isang kalooban na pinapalitan ang iba"**

Ang pakahulugang tanong ay kung paano maunawaan ang "biyaya." Ito ba ay

1. awa ng Diyos na nasa kay Kristo sa kaligtasan
2. awa ng Diyos para sa buhay-Kristiyano
3. awa ng Diyos sa bagong kasunduuan sa pamamagitan ni Kristo?

Ang susing kaisipan ay "biyaya"; ang biyaya ng Diyos ay kamangha-manghang binigay sa pagkakatawang-tao ni Hesus. Si Hesus ay ang "oo" ng Diyos sa lugmok na sangkatauhan (cf. II Corinto 1:20).

**1:17 "ang Kautusan"** Ang kautusan ni Moses ay hindi masama, ngunit ito'y paghahanda at kulang kung ihahalintulad sa pagbibigay ng isang buong kaligtasan (cf. 5:39-47; Galacia 3:23-29; Roma 4). Ang Hebreo ay pinag-iiba at pinag-hahambing rin ang gawain/kapahayagan/mga kasunduan ni Moses at Hesus.

## NATATANGING PASKA: MGA PANANAW NI PABLO SA KAUTUSAN NI MOSES

Ito ay mabuti at galing sa Diyos (cf. Roma 7:12,16).

A. ito ay hindi daan sa katuwiran at pagtanggap ng Diyos (ito ay maaaring maging sumpa, cf. Galatia 3).
B. ito pa rin ay kaloobaan ng Diyos para sa mga mananampalataya dahil ito ay sariling kapahayagan ng Diyos (Si Pablo ay malimit na bumabanggit ng OT upang usugin at/o himukin ang mga mananampalataya).
C. Ang mga mananampalataya ay tinuruan ng OT (cf. Roma 4:23-24; 15:4; I Corinto 10:6,11), ngunit hindi nangaligtas sa OT (cf. Gawa 15; Roma 4; Galacia 3; Hebreo)
D. Ito ay umiiral sa bagong kasunduan para:
    1. ipakita ang pagiging makasalanan (cf. Galacia 3:15-29)
    2. gabayan ng tinubos na sangkatauhan sa lipunan
    3. ipaalam ang mga wastong pagpapasiya na maka-Kristiyano

Nandito sa teolohikal na pagtatalakay mula sa pagsumpa at pagkamatay patungong pagpapala at pananatili na nagdudulot na suliranin sa pagsubok na pag-unawa ng pananaw ni Pablo sa kautusan ni Moses. Sa *A Man in Christ*, si James Stewart ay ipinakita ang kabalintunaan ng pag-iisip at pagsulat in Pablo:

> "Karaniwan mong aasahan ang isang taong magtatakda sa kanyang sarili na bumuo ng kaisipan at katuruan upang maayos nang may kahigpitan hanga't maaari ang mga kahulugang kanyang ginamit. Aasahan mo siyang maglayon nang may katumpakan sa pag-aaral ng parilala ng kanyang mga pangunahing kaisipan. Maaari mong angkinin na ang isang salita, na ginamit na minsan ng iyong manunulat sa isang natatanging kahulugan, ay kailangang madala ang kahulugan saanman. Ngunit kung titingnan mo ito galing kay Pablo, ito ay kabiguan. Karamihan sa pag-aaral ng parilala ay maluwang, hindi mahigpit. . . 'Ang kautusan ay banal' kanyang sinulat, 'Ako'y nalulugod sa kautusan ng Diyos ayon sa pagkataong loob' (cf. Roma 7:12,22) ngunit ito ay malinaw sa ibang aspeto ng *nomos* na magduduloy sa kanyang sabihin sa ibang banda, 'Si Kristo ang nagtubos mula sa sumpa ng kautusan (cf. Galacia 3:13)" (p. 26).

▣ **"biyaya"** Ito ay tumutukoy sa hindi karapat-dapat, hindi kayang makamit na pag-ibig ng Diyos para lugmok na sangkatuhan (cf. Efeso 2:8). Ang katagang biyaya (*charis*), na mahalaga sa mga sulat ni Pablo, ay dito lang sa talatang ito ginamit sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 1:14,16,17). Ang mga manunulat ng Bagong Tipan, sa ilalim ng inspirasyon, ay malaya sa paggamit ng kanilang sariling mga talasalitaan, mga pagkakatulad, at mga talinghaga.

Si Hesus ang nagdala sa katotohanan ng "bagong kasunduan" of Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38.

▣ **"katotohanan"** Ito ay ginamit sa kahulugan ng (1) katapatan o (2) katotohanan laban sa kasinungalingan (cf. 1:14; 8:32; 14:6). Pansinin na ang biyaya at katotohanan ay dumating sa pamamagitan ni Hesus (cf. v. 14). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 17:3.

▣ **"Hesus"** Ito ang unang paggamit ng pantaong pangalan ng anak ni Maria sa Panimula. Ang Anak na *pre-existent* ay ngayon ay naging nagkatawang-taong Anak!

**1:18 "Walang taong nakakita kailan man sa Diyos"** Ang ilan ay nagsabing ito ay sumasalungat sa Exodo 33:20-23. Subalit, ang Hebreong kataga sa talata ng Exodo ay patungkol sa "pagniningas," hindi ang pisikal na pagkakita sa Diyos mismo. Ang

kahulugan ng talatang ito ay si Hesus ang tanging lubos na naghayag sa Diyos (cf. 14:8ff). Walang makasalanang tao ang nakakita sa Diyos (cf. 6:46; I Timoteo 6:16; I Juan 4:12,20).

Ang talatang ito ay nagbibigay-diin sa natatanging kapahayagan ng Diyos kay Hesus ng Nazaret. Siya ang puspos at siyan lamang ang kapahayagang pansaliri ng Diyos. Ang makilala si Hesus ay makilala ang Diyos. Si Hesus ang hangtungang kapayahagan ng Ama sa kanyang sarili. Walang malinaw na pag-unawa sa pagka-Diyos liban sa kanya (cf. Colosas 1:15-19; Hebreo 1:2-3). "Nakikita" ni Hesus and Ama at "nakikita" ng mga mananampalataya ang Ama sa pamamagitan Niya (Ang kanya buhay, mga salita, at mga gawain). Siya ang lubos at ganap ang kapahayagan ng di-nakikitang Diyos (cf. Colosas 1:15; Hebreo 1:3).

▣

**NASB** **"ang bugtong na Diyos"**
**NKJV** **"ang bugtong na Anak"**
**NRSV** **"Ito ang nag-iisang anak ng Diyos"**
**TEV** **"Ang bugtong na Anak"**
**NJB** **"Ito ang nag-iisang Anak"**

Tingnan ang tala ng *monogenēs* sa 1:14. Si Hesus ay ganap na Diyos at tao. Tingnan ang buong tala sa 1:1.

May kaibihan ang Griyegong kasulatan dito. Ang *Theos/*Diyos ay nasa mga naunang Griyegong kasulatang $P^{66}$, $P^{75}$, B, and C, habang ang "Anak" ay ipinalit sa "Diyos" lamang sa MSS A and $C^3$. The $UBS^4$ ay nagbigay sa "Diyos" na "B" na antas (halos tiyak). Ang katagang "Anak" ay nanggaling marahil mula sa mga manunulat na natandaan ang "ang bugtong na Anak" sa Juan 3:16,18 at sa I Juan 4:9 (cf.*A Textual Commentary on the Greek New Testament* ni Bruce M. Metzger sa p. 198). Ito ay malakas na pagpapatibay ng lubos at ganap na pagka-Diyos ni Hesus! Maaaring ang talatang ito ay may tatlong mga pagkilala para kay Hesus: (1) tanging bugtong, (2) Diyos, at (3) na siyang nasa sinapupunan ng Ama.

May nakakalibang na pagtalakay sa pagiging marahil ng isang madahilang pagbabago sa talatang ito ng mga manunulat na *orthodox* sa akda ni Bart D. Ehrman na *The Orthodox Corruption of Scripture*, p. 78-82.

▣ **"na nasa sinapupunan ng Ama"** Ito ay mismong kasingkahulugan sa parilalang "kasama ng Diyos" sa vv. 1 at 2. Sinasaad nito ang matapat pakikisalamuha. Maaari itong pumatungkol sa (1) Kanyang pakikisalamuha bago pa ang paglilikha o (2) Kanyang ipinanumbalik na pakikisalamuha (i.e., ang pag-akyat sa langit).

▣

**NASB** **"Siya ang nagpakilala sa *Kanya*"**
**NKJV** **"Siya ang nagsalaysay sa *Kanya*"**
**NRSV, NJB** **"na siyang nagpapakilala sa kanya"**
**TEV** **"na siyang nagpakilala sa kanya"**

Nakuha natin sa Ingles na salitang "*exegesis*" (lit. "mamuno palabas," AORIST NA PANGGITNANG [*deponent*] NAGPAPAHIWATIG) na galing sa Griyegong salita na ginamit sa 1:18, na nagpapahiwatig ng buo at lubos na kapahayagan. Ang isa sa mga pangunahing tungkulin ni Hesus ay ihayag ang Ama (cf. Juan 14:7-10; Hebreo 1:2-3). Ang makita at makilala si Hesus ay makita at makilala ang Ama (minamahal ang mga makasalanan, tinutulungan ang mga mahihina, tinatanggap ang mga patapon, tumatanggap ng mga bata at mga kababaihan)!

Ang salita sa Griyego ay ginamit ng sinumang nagpapaliwanag o nagbibigay-kahulugan sa isang mensahe, panaginip, o kasulatan. Dito muli, maaring si Juan ay gumagamit ng salita na may tiyak na kahulugan sa kapwa mga Hudyo at mga Hentil (katulad ng *Logos* sa v. 1). Tinatangka ni Juan na magsalaysay sa kapwa Hudyo at Griyego sa pamamgitan ng kanyang panimula. Ang salita ay maaaring manguhulugan

1. sa mga Hudyo na isang nagpapaliwanag o nagbibigay ng kahulugan sa Batas
2. sa mga Griyego na isang nagpapaliwanag o nagbibigay ng kahulugan sa mga diyos

Kay Hesus, at kay Hesus lamang, ang mga tao ay lubusang makakakita at makakaunawa sa Ama!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bigyang kahulugan ang *logos* at ang kanyang makalumang mga pag-relihiyon, sekular, at biblical na pagkagamit.
2. Bakit mahalaga ang doktrina ng *pre-existence* ni Hesus?
3. Ano ang bahagi ng sangkatauhan sa kaligtasan? Paanong ang isang tao ay tatanggap kay Hesus?
4. Bakit kailangang ang Salita ay magkatawang-tao?
5. Bakit lubhang mahirap ibalangkas ang mga talatang ito?
6. Itala ang iba't-ibang mga teolohikal na katotohanang ginamit upang ilarawan si Hesus (di kukulang sa 8).
7. Bakit ang talatang 18 ay isang napakahalagang talata?

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 19-51

A. Ang talatang ito na patungkol kay Juan Bautista ay hinggil sa dalawang naunang di pagkakaintindihan sa iglesia:
   1. na ito ay umusbong sa paligid ng katauhan Juan Bautista at tinutulan sa vv. 6-9, 20,21,25; at 3:22-36;
   2. na ito ay kasangkot ang persona ni Kristo at pinatungkulan sa vv. 32-34. Ang parehong maling pananampalataya ng Gnosticismo ay katulad na pag-atake sa I Juan 1. I Juan ay maaaring naging ang pabalat na liham ng Ebanghelyo ni Juan.

B. Ang Ebanghelyo ni Juan ay tahimik tungkol sa bautismo kay Hesus ni Juan Bautista. Ang mga kautusan ng Iglesia, ang bautismo at ang komunyon, ay kapansin-pansing wala sa tala ni Juan sa buhay ni Kristo. May di kukulang sa dalawang mga kadahilanan sa hindi pagsama nito:
   1. ang pagsikat ng sakramentalismo sa unang iglesia ang nagdulot kay Juan na hindi bigyang-diin ang aspetong ito ng Kristiyanismo. Ang kanyang Ebanghelyo ay ukol sa pakikipag-ugnayan, hindi sa ritwal. Hindi niya tinalakay o tinala ang dalawang sacramento ng bautismo at ang Hapunan ng Panginoon sa anumang paraan. Ang pagkawala ng ilang bagay ay lubhang inaasahang magbibigay ng pansin dito.
   2. Si Juan, na huling sumulat kaysa ibang manunulat ng Ebanghelyo, ay ginamit ang kanyang tala sa buhay ni Kristo upag magdagdag sa iba. Yamang ang lahat ng *Synoptics* ay sumasaklaw sa lahat ng mga kautusan, si Juan lamang ang nagtustos sa mga karagdagang kaalaman sa mga nakapalibot na pangyayari. Isang halimbawa nito ay ang pag-uusap at mga pangyayari na naganap sa itaas na silid (mga kabanatang 13-17) ngunit hindi sa aktwal na hapunan mismo.

C. Ang diin sa talang ito ay sa patotoo ni Juan Bautista patungkol sa persona ni Hesus. Ginagawa ni Juan ang mga sumusunod na pahayag ukol kay Kristo:
   1. Si Hesus ay ang Kordero ng Diyos, (v. 29) isang katawagan kay Hesus na tanging ginamit dito at sa Pahayag
   2. Si Hesus ay umiiral na bago pa ang panglilikha (v. 30)
   3. Si Hesus ay ang taga-pagtanggap at taga-pagbigay ng Banal na Espiritu (v. 33)
   4. Si Hesus ay ang Anak ng Diyos (v. 34)

D. Ang mga katotohanan hinggil sa persona at gawain ni Hesus ay binuo ng pangsariling patotoo nina
   1. Juan Bautista
   2. Andres at Simon
   3. Felipe at Natanael

   Ito ay naging karaniwang pampanitikang pamamaraan sa buong Ebanghelyo. Naglalaman ito ng dalawampu't pitong mga pag-uusap at patotoo patungkol kay Hesus o kasama si Hesus.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARILALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 1:19-23

**[19]At ito ang patotoo ni Juan, nang suguin sa kaniya ng mga Hudyo mula sa Herusalem ang mga saserdote at mga Levita upang sa kaniya'y itanong, Sino ka baga? [20]At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; at kaniyang ipinahayag, "Hindi ako ang Kristo." [21]At sa kaniya'y kanilang itinanong, "Kung gayo'y ano nga? Ikaw baga'y si Elias? At sinabi niya, "Hindi ako." "Ikaw baga ang propeta?"At siya'y sumagot, "Hindi ako." [22]Sinabi nga nila sa kaniya, "Sino ka baga? Upang ibigay namin ang kasagutan sa nangagsugo sa amin. Ano ang sinasabi mo tungkol sa iyong sarili?" [23]Sinabi niya, "Ako ANG TINIG NG ISANG HUMIHIYAW SA ILANG, 'TUWIRIN NINYO ANG DAAN NG PANGINOON,' gaya ng sinabi ng propeta Isaias."**

**1:19 "mga Hudyo"** Sa Juan, ito ay tumutukoy sa (1) mga tao Judea na nangapopoot kay Hesus o (2) ang mga Hudyong namumuno sa relihiyon lamang (cf. 2:18; 5:10; 7:13; 9:22; 12:42; 18:12; 19:38; 20:19). May mga palaaral na nagbigay-diin na

ang Hudyo ay maaaring hindi pumapatungkol sa ibang pang mga Hudyo sa isang mapanirang paraan. Gayunman, ang pagsalungat ng mga Hudyo sa Kristiyanismo ay tumindi pagkatapos ng Lupon sa Jamnia noong A.D. 90.

Ang salitang "Hudyo" ay pangunahing galing sa sinumang mula sa angkan ni Judah. Pagkatapos na ang labindalawang angkan ay mahati noong 922 B.C., ang Judah ay naging pangalan para sa mga tatalong katimugang angkan. Kapwa ang Hudyong kaharian , Israel at Judah, ay kinuha sa pagpapatapon, ngunit kaunti lamang, ang karamihan ay galing sa Judah, ang bumalik ayon sa kautusan ni Cyrus noong 538 B.C. Ang kataga pagkatapos ay naging katawagan sa mga saling-lahi ni Jacob na nanirahan sa Palestina at nangakalat sa buong Mediteranyo.

Sa Juan, ang kataga ay karamihang negatibo, ngunit ang kanyang pangkalahatang pagkagamit ay makikita sa 2:6 at 4:22.

▣ **"mga saserdote at mga Levita"** Tila si Juan Bautista ay kabilang din sa angkan ng saserdote (cf. Lucas 1:5ff). Dito lang makikita ang salitang "mga Levita" sa Ebanghelyo ni Juan. Maaaring sila ang tagapangalaga ng Templo. Sila ang opisyal na pangkat ng "tagapaghanap katotohanan" na isinugo mula sa mga pang-relihiyong awtoridad sa Herusalem (cf. v. 24). Ang mga saserdote at mga Levita ay karaniwang mga Saduceo, habang ang mga eskriba ay karaniwang mga Fariseo (cf. v. 24). Kapwa ang dalawang pangkat na ito ay kasangkot sa pagtatanong kay Juan Bautista. Ang mga magkatunggali sa pulitika at relihiyon ay nagsanib-pwersa upang salungatin si Hesus at kanyang mga taga-sunod.

▣ **"Sino ka baga"** Ang parehong katanungang ito ay itinanong kay Jesus sa 8:25. Sina Juan at Hesus ay nagturo at kumilos sa kaparaanan kung saan ginawang balisa ang mga opisyal na namumuno dahil nakilala nila ang dalawang taong ito sa mga tema at mga katagang *eschatological* ng OT. Ang tanong na ito, ngayon, ay maiuugnay sa inaasahan ng Hudyo sa huling-araw, mga katauhan sa Bagong Panahon.

**1:20 "At kaniyang ipinahayag, at hindi ikinaila; at kaniyang ipinahayag"** Ang pahayag na ito ay isang malakas na tatluhang pagtanggi na siya ang inaasahan, pinangakong Mesias (Kristo). Para sa "pahayag" tingnan sa Natatanging Paksa sa 9:22-23.

▣ **"ang Kristo"** Ang "Kristo" ay ang salin sa Griyego ng katagang Hebreong "*māšîah*," na nangangahulugang "ang siyang pinahiran." Sa OT ang pagkaunawa sa pagpapahid ay isang paraan ng pagbibigay-diin sa natatanging panawagan at pagpapatibay ng Diyos para sa isang tiyak na gawain. Ang mga hari, mga saserdote, at mga propeta ay pinapahiran. Ito ay dumating upang makilala kasama ng natatanging Siya, na magsasakatuparan ng bagong panahon ng katuwiran. Marami ang nag-isip na si Juan Bautista ay siyang pinangakong Mesias (cf. Lucas 3:15) dahil siya ang unang kanasihang tagapagsalita para kay YHWH pagkatapos ng mga manunulat sa OT nang may apat na daang taong mas maaga.

Sa puntong ito, gusto kong isama ang aking mga puna galing sa Daniel 9:26 patungkol sa "Mesias."

## Daniel 9:26

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"ang Mesias"** |
| **NKJV** | **"Mesias"** |
| **NRSV** | **"siyang pinahiran"** |
| **TEV** | **"piniling pinuno ng Diyos"** |
| **NJB** | **"Siyang Pinahiran"** |

Ang kahirapan sa pagpapakahulugan ng kalagang ito ay dahil sa mga maaaring kahulugan na kaugnay sa salitang Mesias o siyang pinahiran (BDB 603):

1. ginamit sa mga Haring Hudyo (e.g. I Samuel 2:10; 12:3)
2. ginamit sa mga saserdoteng Hudyo (e.g. Levitico 4:3,5)
3. ginamit ni Cyrus (cf. Isaias 45:1)
4. #1 at #2 ay magkasama sa Awit 110 at Zacarias 4
5. ginamit sa Haring galing sa Diyos sa lahi ni David na natatangi ang pagdating, na magdadala sa bagong panahon ng katuwiran.
    a. angkan ni Judah (cf. Genesis 49:10)
    b. sa lipi ni Jesse (cf. II Samuel 7)
    c. pang-sansinukob na paghahari (cf. Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micah 5:1-4ff)

Ako ay personal na naaakit sa pagkakilanlan ng "siyang pinahiran" kay Hesus ng Nazaret dahil sa:

1. ang panimula ng isang walang hanggang Kaharian sa Kabanata 2 sa panahon ng ika-apat na imperyo
2. ang panimula ng "anak ng tao" sa 7:13 na binigyan ng isang walang hanggang kaharian
3. ang tumutubos na sugnay ng 9:24 na nagtuturo patungo sa kahahantungan ng lugmok ang kasaysayang pandaigdig
4. paggamit ni Hesus ng aklat ni Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

**1:21 "'Kung gayo'y ano nga? Ikaw baga'y si Elias'"** Sapagkat si Elias ay hindi namatay ngunit sa halip ay kinuha pataas ng isang ipoipo patungong langit (cf. II Hari.2:1), siya ay inaasahang dumating bago ang Mesias (cf. Malakias 3:1; 4:5). Si Juan

Bautista ay katulad at kumiklos na parang si Elias (cf. Zacarias 13:4).

▣ **"'Hindi ako'"** Hindi nakita ni Juan Bautista ang kanyang sarili na may tungkuling *eschatological* ni Elias, ngunit nakita siya ni Hesus na gumaganap sa hula ni Malakias (cf. Mateo 11:14; 17:12).

▣ **"'Ikaw baga ang propeta'"** Hinulaan ni Moses na ang isang katulad niya (na kanyang tinawag na "Ang Propeta") ay marahil darating pagkatapos niya (cf. Deuteronomio 18:15,18; Juan 1:25; 6:14; 7:40; Gawa 3:22-23; 7:37). May dalawang magkaibang mga paraan ang pagkagamit sa katagang ito sa NT: (1) bilang anyong *eschatological* na naiiba sa Mesias (cf. 7:40-41) o (2) bilang anyong ibinibilang kasama ang Mesias (cf. Gawa 3:22).

**1:23 "'Ako ANG TINIG NG ISANG HUMIHIYAW SA ILANG WILDERNESS'"** Ito ay isang sipi galing sa saling *Septuagint* ng Isaias 40:3 na may pagkabanggit sa pagkakatulad sa Malakias 3:1.

▣ **"'TUWIRIN NINYO ANG DAAN NG PANGINOON'"** Ito ay isang siping galing sa (Isaias 40:3) pangpanitikang yunit ng Isaias (mga kabanata 40-54) na kung saan ang mga Awit ng Lingkod ay makikita (cf. 42:1-9; 49:1-7; 50:4-11; 52:13-53:12). Sa pasimula, sila ay pumapatungkol sa Israel, ngunit sa 52:13-53:12, ang parilala ay naging pang-isahan. Ang kaunawaan sa pagtutuwid ng daan ay ginamit para sa paghahanda sa pagdalaw ng isang maharlika. Ang salitang "tuwid" ay kaugnay sa etimolohiya ng salitang "katuwiran." Tingnan na Natatanging Paksa sa I Juan 2:29.

Ang buong talata ay maaaring magsilbing layuning teolohikal ni Apostol Juan na pababain si Juan Bautista dahil pag-unlad ng maraming mga ereheng pangkat sa unang singlo na kumuha kay Juan Bautista bilang kanilang pinunong espiritwal.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:24-28

**[24]At sila'y sinugo buhat sa mga Fariseo. [25]At sa kaniya'y kanilang itinanong, at sinabi sa kaniya, "Bakit nga bumabautismo ka, kung hindi ikaw ang Kristo, ni si Elias, ni ang propeta?" [26]Sila'y sinagot ni Juan, na nagsasabi, "Ako'y bumabautismo sa tubig: *datapuwa't* sa gitna ninyo'y may isang nakatayo na hindi ninyo nakikilala," [27]"Siya *nga ang* pumaparitong sumusunod sa akin, na sa kaniya'y hindi ako karapatdapat magkalag ng panali ng kaniyang pangyapak." [28]Ang mga bagay na ito'y ginawa sa Betanya, sa dako pa roon ng Jordan, na pinagbabautismuhan ni Juan.**

**1:24 "sila'y sinugo buhat sa mga Fariseo"** Ang talatang ito ay may kalabuan. Maari itong mangahulugang (1) ang mga Fariseo ang nagpadala sa mga nagtatanong kay Juan (cf. v. 19) o (2) ang mga nagtatanong ay mga Fariseo, na hindi karaniwan batay sa liwanag ng katotohanan na ang karamihan ng mga saserdote ay mga Saduceo (cf. v. 9). Maaring ito a pumatungkol sa ibang pangkat kaysa sa v. 19.

## NATATANGING PAKSA: MGA FARISEO

I. Isa sa mga sumusunod ang maaaring pinagmulan ng salitang ito:
   A. "maihiwalay." Ang pangkat na ito ay nabuo noong panahon ng Macabeo. (Ito ang pinakamalawak na tinanggap na pananaw).
   B. "maghati." Ito ay isa pang kahulugan sa katulad na salitang-ugat sa Hebreo. May ilang nagsasabi na ang kahulugan nito ay taga-pagsalin (cf. II Timoteo 2:15).
   C. "Persyano." Ito ay isa pang kahulugan sa katulad na salitang-ugat sa Aramaiko. Ang ilang sa mga katuruan ng mga Fariseo ay maraming pagkakatulad sa dualismo ng Persyanong Zoroastrianismo.

II. Sila ay nabuo noong panahon ng mga Macabeo galing sa *Hasidim* (silang banal). Maraming iba-ibang pangkat katulad ng mga Esseneo ay nanggaling sa reaksyon laban sa Helenistiko kay Antioko IV Epiphano. Ang mga Fariseo ay unang nabanggit ni Josepho sa kanyang *Antiquities of the Jews* 8.5.1-3.

III. Ang kanilang mga pangunahing katuruan.
   A. Paniniwala sa darating na Mesias, na nahikayat ng mga pang-Hudyong *apocalyptic* na panitikang nasa pagitan nag Luma at Bagong Tipan katulad ng I Enoch.
   B. Diyos na masigasig sa pang-araw-araw na buhay. Ito ay tuwirang kabaliktaran ng sa mga Saduceo. Maraming mga katuruan ng Fariseo ay mga kabaliktarang teolohikal ng mga Saduceo.
   C. Ang pisikal na pagtuon sa kabilang buhay batay sa buhay sa lupa, na kinapapalooban ng gatimpala at parusa (cf. Daniel

12:2).

D. Kapangyarihan ng OT at mga Tradisyong Sinasalita (*Talmud*). Nalalaman nila ang pagiging masunurin sa mga kautusan ng Diyos sa OT na kanilang binibigyang kahulugan at ginagamit ng mga pantas na *rabbinical* (Shammai, ang konserbatibo and Hillel, ang liberal). Ang pagpapaliwanag na rabbinical ay sang-ayon sa pag-uusap ng mga guro ng dalawang magkaibang mga pilosopiya, isang konserbatibo at isang liberal. Ang mga pagtalakay na sinasalita sa kahulugan ng Banal na Kasulatan ay sa wakas naisulat sa dalawang mga paraan: ang Talmud ng Babilonya at ang hindi tapos na Talmud ng Palestina. Naniniwala sila na si Moses ay tumanggap ng mga pasalitang pagbibigay kahulugan sa Bundok ng Sinai. Ang pangkasaysayang pasimula ng mga pagtalakay ay nag-umpisa kay Ezra at ang mga lalaki ng "Dakilang Sinagoga" (pagkatapos na tinawag na Sanhedrin).

E. Lubhang maunlad na *Angelology*. Kabilang dito ang kapwa mabuti at masamang espirituwal na mga nilalang. Ito nagsimula sa dualismong Persyano at panitikan sa pagitan ng Luma at Bagong Tipan.

**1:25 "'Bakit nga bumabautismo ka'"** Ang pagbabautismo ng mga nagbago ng paniniwala ay karaniwan sa sinaunang Judaismo para sa mga Hentil na nagnanais ng magpalit ng pananampalataya, ngunit ito ay lubhang di-karaniwan para sa mga Hudyo na ma-bautismuhan (ang mga sektang Hudyo ng Qumran ay nagsasagawa ng pagbabautismo sa sarili at ang mga mananamba sa templo na naliligo bago pumasok). Ang talatang ito ay kaugnay ang pakikilahok ng Mesias ayon sa Isaias 52:15; Ezekiel 36:25; Zacarias 13:1.

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGUNAHING URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na ipinapalagay na totoo ayon sa pananaw ng may-adka o para sa kanyang pampanitikang layunin.

▣ **"hindi ikaw ang Cristo, ni si Elias, ni ang propeta"** It ay kawili-wili sa tanglaw ng *Dead Sea Scrolls* na ang tatlong mga katauhan ay kumakatawan sa pananaw ng Eseneo na may tatlong mga magkakaibang anyong pang-Mesias. Ito ay nakakawili na ang mga naunang pinuno ng simbahan ay naniniwalang si Elias ay maaaring pisikal na dumating bago ang Pangalawang Pagparito ni Kristo (cf. Krisostomo, Jerome, Gregorio, and Augustino).

**1:26 "Ako'y bumabautismo sa tubig"** Ang PANG-UKOL na "sa" ay nangangahulugan ding "kasama ng." Alinman sa pamimilian ang mapili ay kailangang tumugma sa pagkakatulad sa v. 33 hinggil sa "ang espiritu."

▣ **"*datapuwa't* sa gitna ninyo'y may isang nakatayo"** Maraming mga tesktwal na mga pagkakaiba na kaugnay PAMANAHON ng PANDIWANG "nakatayo." Ang UBS[4] ay nagbigay ng antas sa GANAP NA PAMANAHON bilang "B" (halos tiyak).

Si Bruce M. Metzger ay nagpahayag na ang GANAP NA PAMANAHON ay katangian sa Juan at nagpapahiwatig ang isang Hebreong wikain na "may isang na nanindigan sa iyong kalagitnaan" (p. 199).

**1:27 "hindi ako karapatdapat magkalag ng panali ng kaniyang pangyapak"** Ito ay pumapatungkol sa gawain ng alipin na tanggalin ang pangyapak ng kaniyang amo sa pagpasok sa kanyang tahanan (itinuring na pinakaaba at pinaka mababang gawain na maaaring ganapin ng isang alipin). Ang *rabbinical* na Judaismo ay nagsaysay na ang alagad ng guro ay karapat-dapat na gawin ang lahat ng bagay maliban sa pagkalag ng kanyang sapatos. Mayroon ding hindi nabanggit na pahiwatig sa pagtanggal ng sapatos at paglagay nito sa isang itinalagang lugar ng imbakan. Ito ay isang talinghaga ng sukdulang pagpapakumbaba.

**1:28 "Betanya"** Ang *King James Version* ay may pangalang "Betabara" (MSS $\aleph^2$, $C^2$). Ito ay sa kadahilanang ang tagasalin ng KJV ay umasa sa maling pakakaunawa ni Origen (at pag-a-allegorya ng pangalan ng lugar) sa kinaroroonan ng lungsod. Ang tamang pagbasa ay Betanya (Bodmen Papyrus, $P^{66}$)—hindi ang isang lungsod na nasa timog-silangan ng Herusalem (cf. 11:18), ngunit ang bayang nasa kabilang panig ng Jerico, sa ibayo ng Ilog Jordan (silangang panig).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:29-34

**29Nang kinabukasan ay nakita ni Juan si Hesus na lumalapit sa kaniya, at sinabi, "Narito, ang Kordero ng Diyos, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan! 30"Ito yaong aking sinasabi, 'Sa hulihan ko'y dumarating ang isang Lalake na magiging una sa akin: sapagka't Siya'y una sa akin.' 31"At Siya'y hindi ko nakilala; datapuwa't upang Siya'y mahayag sa Israel, dahil dito'y naparito ako na bumabautismo sa tubig." 32At nagpatotoo si Juan, na nagsasabi, Nakita ko ang Espiritu na bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit; at dumapo sa Kaniya. 33At siya'y hindi ko nakilala; datapuwa't ang nagsugo sa akin upang bumautismo sa tubig, ay siyang nagsabi sa akin, 'Ang makita mong babaan ng Espiritu, at manahan sa kaniya, ay Siya nga ang bumabautismo sa Espiritu Santo.' 34"At aking nakita, at pinatotohanan kong ito ang Anak ng Diyos."**

**1:29 "Narito, ang Kordero ng Diyos"** Ang pista ng Paskwa ay hindi na malayo (cf. 2:13). Samakatuwid, ito ay maaaring pumatungkol sa kordero ng Paskwa na sumasagisag sa paglaya (i.e., kaligtasan) mula sa Ehipto (cf. Exodo 12). Inilagay din ni Juan ang kamatayan ni Hesus sa parehong araw na ang kordero ng Paskwa ay kitilin (i.e., "Araw ng Paghahanda"). Ngunit, may mga iba pang mga pagpapakahulugan:

1. ito ay maaaring pumatungkol sa Nagdurusang Lingkod sa Isaias 53:7
2. ito ay maaaring pumatungkol sa hayop na nahuli sa kasukalan sa Genesis 22:8, 13.
3. ito ay maaaring pumatungkol sa pang-araw-araw na handog sa Templo na tinatawag na "walang tigil" (cf. Exodo 29:38-46).

Kahit ano pa ang tiyak na kaugnayan, ito ay para sa layuning pagpapakasakit kaya ipinadala ang kordero (cf. Marcos 10:45).

Ang makapangyarihang talinghaga para sa pagpapakasakit sa kamatayan ni Hesus ay hindi kailanman ginamit ni Pablo at bihira lamang ni Juan (cf. 1:29,36; tingnan din ang Gawa 8:32 at I Pedro 1:19). Ang griyegong salita para sa "maliit na tupa" (maliit dahil ito ay isang taong gulang lamang, ang karaniwang gulang ng mga ipagpapakasakit na handog). Isang ibang salita ang ginamit ni Juan sa 21:15 at dalawampu't walong beses sa Pahayag.

May is pang posibilidad sa matalinghagang paglalarawan ni Juan Bautista: *intertestamental*, panitikang *apocalyptic* na ang "kordero" ay isang nagtagumpay na mandirigma. Ang aspetong pagpapakasakit ay nananatili sa kasalukuyan, ngunit ang kordero bilang isang hukom na *eschatological* ay nakakahigit (cf. Pahayag 5:5-6,12-13).

▣ **"na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan!"** Ang parilalang "nag-aalis ng" ay nangangahulugang "nagbubuhat at nagdadala palayo." Ang PANDIWA ay lubhang maitutulad sa pagkaunawa ng "ang tupang pinatakas" sa Levitico 16. Ang mismong katotohanan na ang kasalanan ng mundo ay nabanggit ay tumukoy sa pang-sansinukob na kalikasan ng gawain ng kordero (cf. v. 9; 3:16; 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14). Pansinin na ang kasalanan ay PANG-ISAHAN, hindi PANGMARAMIHAN. Nagturing si Hesus sa "kasalanang" suliranin ng mundo.

**1:30 "sapagka't Siya'y una sa akin"** Ito ay pag-uulit ng v. 15 para sa pagbibigay-diin. Ito ay isa pang pagbibigay-diin sa pag-iral bago pa ang paglalang at pagka-Diyos ng Mesias (cf. Juan 1:1, 15; 8:58; 16:28; 17:5,24; II Corinto 8:9; Filipos. 2:6-7; Colosas 1:17; Hebreo 1:3).

**1:31 "datapuwa't upang Siya'y mahayag sa Israel"** Ito ay karaniwang parilala ni Juan (cf. 2:11; 3:21; 7:4; 9:3; 17:6; 21:14; I Juan 1:2; 2:19,28; 3:2,5,8; 4:9), ngunit ito sa bihira sa mga *Sypnotic* na Ebanghelyo, na tanging makikita sa Marcos 4:22. Ito ay isang paglalaro sa katagang Hebreo na "malaman," na nagpapahayag ng personal na pakikipag-ugnayan sa kaninuman na mas higit sa mga tala patungkol sa kaninuman. Ang layunin ng bautismo dalawahan: (1) ihanda ang mga tao and (2) ihayag ang Mesias.

Ang PANDIWANG "mapakita" (*phaneroō*) ay tila pinalitan ang "mahayag" (*apokaluptō*) sa sulat ni Juan. Si Hesus ay nagdadala ng liwanag/paningin sa tao at mensahe ng Diyos!

**1:32-33** Ito ay pangtatluhan pagbibigay diin sa katotohanang nakita ni Juan ang pagdating ng Espiritu at pananatili nito kay Hesus.

**1:32 "Espiritu na bumababang tulad sa isang kalapati na buhat sa langit"** Ito ang paraan ni Isaias (mga kabanata 40-66) upang makilala ang Mesias (cf. Isaias 42:1; 59:21; 61:1). Hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig si Hesus na walang Espiritu bago ang oras na ito. Ito ay sagisag ng natatanging pagpili at pagpapalakas ng Diyos. Hindi ito pangunahin para kay Hesus, ngunit para kay Juan Bautista!

Ang mga Hudyo ay may pagtanaw pangmundo ng dalawang kapanahunan (tingnan sa Natatanging Paksa sa I Juan 2:17), ang pangkasalukuyang masamang panahon at ang kapanahunan ng katuwiran na darating. Ang bagong panahon ay tinawag na ang panahon ng Espiritu. Ang pangitaing ito ay magsasabi kay Juan Bautista na (1) siya ang Mesias (2) ang bagong panahon ay nagsimula na.

▣ **"kalapati"** Ito sa ginamit

1. bilang isang *rabbinical* na sagisag para sa Israel (i.e., Osea 7:11)
2. bilang isang pagkabanggit sa Espiritu bilang isang babaing ibon na "naglilimlim" sa ibabaw ng mga nilikha sa Genesis 1:2 sa mga Targum
3. sa Philo isang sagisag ng karunungan
4. bilang isang talinghaga sa paraan kung saan ang Espiritu bumaba of the manner in which the Spirit descended (ang Espiritu ay hindi ibon)

▣ **"manahan"** Tingnan sa Natatanging Paksa: "Namamalagi" sa mga sulat ni Juan sa I Juan 2:10.

**1:33 "siya'y hindi ko nakilala"** Ito ay nagpapahiwatig na hindi kilala si Juan Bautista si Hesus bilang Mesias, hindi sa di niya Siya nakikilala sa anumang paraan. Bilang magkamag-anak, tiyak na sila ay nagtagpo sa mga pampamilya o pang-relihiyong mga

pagtitipon sa mga nakaraang taon.

▣ **"ang nagsugo sa akin upang bumautismo sa tubig, ay siyang nagsabi sa akin"** Ang Diyos ay nagwika kay Juan katulad nang Kanyang ginawa sa ibang mga propeta sa OT. Si Juan ay kumilala sa Mesias sa pamamagitan ng mga tiyak na gawain na naganap sa Kanyang bautismo.

Ang pagbabautismo ni Juan ay nagpapahiwatig ng pangrelihiyong awtoridad. Ang mga opisyal na sugong galing sa Herusalem (cf. vv. 19-28) ay nagnais na malaman ang pinanggalingan ng awtoridad na ito. Itinatangi ni Juan Bautista ang awtoridad kay Hesus. Ang espirituwal na pagbabautismo ni Hesus ay lalong higit sa pagbabautismo sa tubig ni Juan. Ang sariling pagbabautismo ni Hesus sa tubig ay magiging tanda ng pagbabautismo ng Espiritu, na kalakip sa bagong panahon.

▣**"ito ang Siyang nagbabautismo sa Banal na Espiritu"** Mula sa I Corinto 12:13, tila ang kaisipang ito ay nag-uugnay sa panimulang pagkakabilang ng tao sa pamilya ng Diyos. Ang Espiritu ang nagsusumbat ng kasalanan, sumusuyo kay Kristo, nagbabautismo sa kay Kristo at itinatatag si Kristo sa bagong mananampalataya (cf. Juan 16:8-13). Tingnan ang natatanging Paksa: Ang Isang Banal sa I Juan 2:20.

**1:34 "Ako mismo ang nakakita at nagpatotoo"** Sila ay parehong GANAP NA TAHASANG NAGPAPAHIWATIG na nagsasabing ang nakaraang paggawa ay dadalhin sa pagtatapos at nagpapatuloy. Ito ay katulad ng I Juan 1:1-4.

▣ "**na siya ang Anak ng Diyos**" Ang isa ay nagpalagay na kung ang Griyegong salita na *pais*, na kadalasang isinasaling "lingkod," na inilalarawan sa Hebreo ('*ebed* , BDB 712) sa LXX, ay maaring ang nasa likuran ng salitang "anak." Kung gayon, ang Isaias 53 (bilang "ang kordero" ng Diyos sa 1:29) ay ang pagkabanggit sa OT sa halip na Daniel 7:13. Si Hesus ay parehong ang Anak at Lingkod! Siya ang magbabagong-anyo sa mga mananampalataya bilang "isang anak" hindi "isang lingkod"!

Ang katulad na katawagan ay ginamit ni Nathanael sa Juan 1:49. Ito rin ay ginamit ni Satanas sa Mateo 4:3. Mayroong nakakalibang na Griyegong manuskritong variant na matatagpuan sa MSS $P^5$ and א*, na mayroong "ang Siyang Pinili ng Diyos" sa halip na "and Anak ng Diyos" (ang $UBS^4$ ay nagbigay ng antas na "B" sa "Anak ng Diyos") . Ang parilalang "Anak ng Diyos" ay palasak sa Juan. Ngunit, kung ang sinuman ay sumusunod sa pangangatuwirang aral ng kritisismong tekstuwal, ang pinaka hindi akma at hindi karaniwang pananalita ay malamang na nasa orihinal, at may kaliitan ang posibilidad ng ibang salin kahit na ang patunay ng manuskrito ay limitado. Si Gordon Fee ay tinatalakay ang tekstuwal variant sa kanyang artikulo "*The Textual Criticism of the New Testament*" pp. 419-433, sa panimulang tomo ng *The Expositor's Bible Commentary*:

> "Sa Juan 1:34, sinabi ba ni Juan Bautista na, 'Siya ang Anak ng Diyos' (KJV, RSV) o "Siya ang Pinili ng Diyos' (NEB, JB)? Ang katunayang MS ay hati, kahit na sa mga naunang text-types. Ang 'Anak' ay natangpuan sa mga susing saksing Alexandrian ($P^{66}$, $P^{75}$, B, C, L $cop^{bo}$) gayun din naman sa maraming OL (aur, c, flg) at mga sumunod na saksing Syriac, habang ang 'Ang Pinili' ay sinasang-ayunan ng Alexandrian $P^5$, א, $cop^{sa}$ kahit na sa OL MSS a,b,e,$ff^2$, at ang Lumang Syriac.
>
> "Sa katapusan, ang katanungan ay kailangang hatulan sang-ayon sa mga pangloob na kadahilanan. Sang-ayon sa pagtaya sa mga sipi, isang bagay ang maliwanag: ang pagkakaiba ay sinadya, hindi aksidente. (cf. Bart D. Ehrman's *The Orthodox Corruption of Scripture*, pp. 69-70). Ngunit binago nga ba ng manunulat ng ikalawang siglo ang kasulatan upang suportahan ang uri ng *adoptionist Christology*, o ang manunulat na *orthodox* ay naisip na maaaring ang katawagang 'Siyang Pinili' ay ginamit upang suportahan ang *adoptionism* at binago ito para sa mga kadahilanang *orthodox*? Ayon sa mga pagtaya, ang pangalawa ay tila mas marahil, lalo na't dahil ang 'Ang Anak' ay hindi binago sa kahitsaanman sa Ebanghelyo para maiayon sa mga pananaw ng *adoptionist*.
>
> "Ngunit ang katapusang desisyon ay kailangang napaloob ang *exegesis*. Kung anong sinabi ni Juan Bautista ay halos tiyak na pumapatungkol sa mesias at hindi isang pahayag ng pang-Kristiyanong teolohiya, ang katanungan ay kung ito ay sumasalamin sa mga bagay patungkol sa mesias na katulad ng mababasa sa Awit 2:7 o sa Isaias 42:1. Sa liwanag ng pagdurusa, o paskuwa, ang paksang kordero ng Juan 1:29, ito ay siguradong may pagtutol na ang 'Siyang Pinili' ay angkop sa konteksto ng Ebanghelyo" (pp. 431-432).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:35-42

**35 Nang kinabukasan ay muling nakatayo si Juan, at ang dalawa sa kaniyang mga alagad; 36 At kaniyang tiningnan si Hesus samantalang siya'y naglalakad, at sinabi, "Narito, ang Kordero ng Diyos!" 37 At narinig siyang nagsalita ng dalawang alagad, at sila'y nagsisunod kay Hesus. 38 At lumingon si Hesus, at nakita silang nagsisisunod, at sinabi sa kanila, Ano ang inyong hinahanap? At sinabi nila sa kaniya, Rabi (na nangangahulugang Guro), saan ka tumitira?**
**39 Sinabi niya sa kanila, Magsiparito kayo, at inyong makikita. Nagsiparoon nga sila at nakita kung saan siya tumitira; at sila'y nagsitirang kasama niya nang araw na yaon: noo'y mag-iikasangpu na ang oras. 40 Ang isa sa dalawang nakarinig ng pagsasalita ni Juan, at sumunod sa kaniya, ay si Andres na kapatid ni Simon Pedro. 41 Una niyang nasumpungan ang kaniyang sariling kapatid na si Simon, at sa kaniya'y sinabi, Nasumpungan namin ang Mesias (na nangangahulugang**

**Kristo).** [42]**Siya'y kaniyang dinala kay Hesus. Siya'y tiningnan ni Hesus, at sinabi, Ikaw ay si Simon na anak ni Juan: tatawagin kang Cefas (na nangangahulugang Pedro).**

**1:35 "dalawa sa kanyang mga alagad"** Ang Marcos 1:16-20 ay tila may kakaibang ulat sa pagtawag sa dalawa sa mga alagad. Walang katiyakan kung ilan ang datihang mga pagkikita ang naganap sa pagitan ni Hesus at ng Kanyang mga alagad na taga-Galilea. May mga tiyak na antas ng disiplina ang nakapaloob sa proseso ng pagiging isang lubusang tagasunod ng mga guro sa panahon ni Hesus. Ang mga patakaran ay inilatag sa mga kasulatang rabinikal, ngunit hindi ganap na sinunod sa mga ulat ng Ebanghelyo. Ang dalawang alagad na nabanggit ay sina Andres (cf. v. 40), at Apostol Juan (na hindi kailanman isinalaysay ang sarili ng kanyang pangalan sa Ebanghelyo).

Ang salitang alagad ay maaring nangangahulugang (1) nag-aaral at/o (2) tagasunod. Ito ay unang katawagan sa mga mananampalataya ni Hesukristo bilang ipinangakong Mesias ng mga Hudyo. Mahalagang tandaan na ang NT ay tumatawag ng mga alagad, hindi pawang mga desisyon lamang (cf. Mateo 13; 28:18-20). Ang pagka-Kristiyano ay pasimulang desisyon (pagsisisi at pananampalataya) na sinusundan ng nagpapatuloy na desisyon ng pagsunod at pagtitiis. Ang pagka-Kristiyano ay hindi isang insyurance sa sunog o isang tiket papuntang langit, kundi isang pang-araw-araw na ugnayan bilang lingkod/kaibigan kay Hesus.

**1:37 "narinig siyang nagsalita ng dalawang alagad"** Itinuro ni Juan Bautista si Hesus higit sa kanyang sirili (cf. 3:30).

**1:38 "Rabi (na nangangahulugang Guro)"** Ito ay karaniwang katawagan ng unang siglong Judaismo upang makilala ang makakapagpaliwanag sa mga implikasyon at mga paggagamitan ng Batas ni Moses at isinawikang tradition (Talmud). Ang kahulugan literal nito ay "aking pantas". Ginamit ito ni Apostol Juan katumbas ang salitang "guro" (cf. 11:8,28; 13:13-14; 20:16). Ang katotohanang si Juan ay pinaliwanag ang mga salita (cf. vv. 38,41,42) ay nagpapakita na siya ay sumusulat sa mga Hentil.

▣ **"saan ka tumitira"** Ito ay tila sumusunod sa tradisyonal na alituntunin ng pagtatatag ng natatanging pakikipag-ugnayan sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Ang kanilang tanong ay nagpapahiwatig na ang dalawang ito ay nagnais na gumugol nang mas higit na panahon kasama si Hesus kaysa makapagtanong ng mga kakaunti sa daan (cf. v. 39).

Ang salitang *menō* (tumitira) ay matatagpuan ang tatlong beses sa vv. 38,39. Ito ay maaring magtukoy sa isang pisikal na lugar o isang espirituwal na lugar. Ang tatlong mga pagkagamit ay tila nagpapahiwatig ng paglalaro ng salita, na magdadala ng kapwa magkasamang kahulugan, na karaniwan sa Juan (i.e., 1:1,5; 3:3; 4:10-11; 12:32). Ang linalayong kalabuan ay katangian ng mga sulat ni Juan!

**1:39 "noo'y mag-iikasangpu na ang oras"** Hindi tiyak kung si Juan ay gumagamit ng oras ng mga Romano, na nagsisimula ng (1) 12:00 a.m. o (2) pagbubukang-liwayway, o oras ng mga Hudyo, na nagsisimula ng 6:00 p.m. (dapithapon). Kung paghahambingin ang Juan 19:14 sa Marcos 15:25 tila ito nagpapahiwatig ng oras ng Romano. Datapwat, kung titingnan sa Juan 11:9 tila ito nagpapahiwatig ng oras ng Hudyo. Maaaring kapwa ginamit ni Juan. Tila ginamit sa talatang ito ang oras ng mga Romano, #2, or halos 4:00 p.m.

**1:40 "Ang isa sa dalawang nakarinig ng pagsasalita ni Juan"** Ang may-akda (Ang Apostol Juan) ay hindi pinangalanan ang kanyang sarili sa Ebanghelyo (i.e., 21:2). May katiyakang maaari na ang isa sa dalawang alagad na narinig si Juan Bautista ang nagsabing ito si Juan, ang Anak ni Zebedeo (i.e., Mateo 4:21; Marcos 1:19).

**1:41**
**NASB "Una niyang nasumpungan ang kaniyang sariling kapatid"**
**NKJV, NRSV "nasumpungan niyang una ang kaniyang sariling kapatid"**
**TEV "pagkadakay kanyang nasumpungan"**
**NJB "ang unang bagay na ginawa ni Andres"**

May mga kaibahan sa kasulatan na maaaring makaapekto sa mga pagsasalin. Ang pagpipilian ay

1. ang unang bagay na ginawa ni Andres
2. ang unang tao na kanyang natagpuan
3. Si Andres ang unang pumunta at nagsabi

▣ **"ang Mesias (na nangangahulugang Kristo)"** Tingnan ang talata sa 1:20.

**1:42 "Siya'y tiningnan ni Hesus"** Ang salitang ito ay maiuugnay sa "tinging may diin."

▣ **"Simon na anak ni Juan"** May kaunting pagkalito sa NT patungkol sa pangalan ng ama ni Pedro. Sa Mateo 16:17 si Pedro ay tinatawag na "Anak ni Jonah" (*'Iōnas*), ngunit ditto siya ay tinatawag na "Anak ni Juan" (*'Iōannēs*). Ang pangalang

Juan ay matatagpuan sa MSS $P^{66}$, $P^{75}$, א and L. MS B ay may parehong pangalang ngunit may iisang "n" lamang (*'Iōanēs*). Ang pangalang Jonah ay makikita sa MSS A, $B^3$, K at lalo na sa ibang mga huling kasulatang Griyego. Tila walang malinaw na sagot sa tanong na ito. Ang mga kaibahan sa pagbabaybay ay karaniwan sa mga isinaling mga pangalang galing ng Aramaiko.

Si Michael Magill, *The New Testament TransLine*, p. 303, ang nagsasabing ang, "'Jonah' at 'Juan' ay maaaring kahalili sa pagbabaybay sa Griyego katulad ng pangalang Hebreong 'Simon' at 'Simeon.'"

▣ **"'tatawagin kang Cefas' (na nangangahulugang Pedro)"** Ang Cefas ay isang Aramaikong salita para sa bato (*kepa*), na pinagmulan ng salitang Griyego na *kephas*. Ang pangalan ay magpapaalala sa isang may katatagan, katapangan, at pagiging matibay.

Ito ay isa sa maraming pagpupuna ng may-akda ng Ebanghelyo upang tulungang ipaliwanag ang buhay at mga katuruan ni Hesus sa mga Hentil na mambabasa. Nakikita na ang dalawang teknikal na kataga (PANGDIWA) para sa pagpapaliwanag ng Bibliya ay makikita kabanatang ito.

1. *exegesis*, sa pamumuno, na ginamit sa 1:18
2. *hermeneutics*, paghahayag, pagpapaliwanag, pagsasalin, na ginamit sa 1:42

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:43-51

**43Nang kinabukasan ay pinasiyahan niyang pumaroon sa Galilea, at kaniyang nasumpungan si Felipe: at sa kaniya'y sinabi ni Hesus, Sumunod ka sa akin. 44Si Felipe nga ay taga Betsaida, sa bayan ni Andres at ni Pedro.
45Nasumpungan ni Felipe si Natanael, at sinabi sa kaniya, Nasumpungan namin yaong isinulat ni Moises sa kautusan, at gayon din ng mga propeta, si Hesus na taga Nazaret, ang anak ni Jose. 46At sinabi sa kaniya ni Natanael, Mangyayari bagang lumitaw ang anomang magaling na bagay sa Nazaret? Sinabi sa kaniya ni Felipe, Pumarito ka at tingnan mo.
47Nakita ni Hesus si Natanael na lumalapit sa kaniya, at sinabi ang tungkol sa kaniya, Narito, ang isang tunay na Israelita, na sa kaniya'y walang daya! 48Sinabi sa kaniya ni Natanael, Saan mo ako nakilala? Si Hesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos, ay nakita kita. 49Sumagot si Natanael sa kaniya, Rabi, ikaw ang Anak ng Diyos; ikaw ang Hari ng Israel. 50Si Hesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, Dahil baga sa sinabi ko sa iyo, Kita'y nakita sa ilalim ng puno ng igos, kaya ka sumasampalataya? makikita mo ang mga bagay na lalong dakila kay sa rito. 51At sinabi niya sa kaniya, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Makikita ninyong bukas ang langit, at ang mga anghel ng Diyos na nagmamanhik-manaog sa ulunan ng Anak ng tao.**

**1:43 "Nang kinabukasan"** Isinama ni Juan ang mga tanda ng mga pagkakasunod-sunod na nakapalood sa Ebanghelyo (cf. 1:29,35,43; 2:1; atbp). Ang pangkahalatang konteksto (1) ay nagsisimula sa v. 19, na maaaring ang unang araw; (2) vv. 29,35,43 ay "ang sumunod na araw"; and (3) 2:1 ay "sa ikatlong araw."

▣ **"pinasiyahan niyang pumaroon sa"** Itinatala ni Juan ang isang maagang yugto sa ministeryo ni Hesus sa Hudea na hindi natala sa mga Ebanghelyong *Synoptics*. Ang Ebanghelyo ni Juan pumapatungkol sa ministeryo ni Hesus sa Judea at lalo na sa Herusalem. Dito, datapwat, nais Niyang tumungo sa Galilea marahal para sa kasalan sa Cana (Juan 2).

▣ **"Sumunod ka sa akin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHASANG PAUTOS. Ito ay isang panawagang rabinikal para sa isang lubusang pagiging alagad. Ang mga Hudyo ay naglalatag ng pamantayang nagsasaad ganitong pakikipag-ugnayan.

**1:44 "Si Felipe nga ay taga-Betsaida"** Ang pangalang ng lungsod ay nangangahulugang "bahay ng pangingisda." Ito rin ang tahanan ni Andres at Pedro.

**1:45 "Natanael"** Ito ay isang Hebreong pangalan na nangangahulugang "Diyos ang nagbigay." Hindi siya naitala sa kanyang pangalan sa mga Ebanghelyong *synoptics*. Inaakala ng mga makabagong iskolar na siya ay tinawag na Bartolomeo," ngunit ito'y nanatiling isang haka-haka.

## NATATANGING PAKSA: ANG TSART ANG MGA PANGALAN NG APOSTOL

| | **Mateo 10:2-4** | **Marcos 3:16-19** | **Lucas 6:14-16** | **Gawa 1:12-18** |
|---|---|---|---|---|
| **Unang Pangkat** | Simon (Pedro)<br>Andres (Kapatid ni Pedro)<br>Santiago (Anak ni Zebedeo)<br>Juan (Kapatid ni Santiago) | Simon (Pedro)<br>Santiago (Anak ni Zebedeo)<br>Juan (Kapatid ni Santiago)<br>Andres | Simon (Pedro)<br>Andres (Kapatid ni Pedro)<br>Santiago<br>Juan | Pedro<br>Juan<br>Santiago<br>Andres |
| **Pangalawang Pangkat** | Felipe<br>Bartolomeo<br>Tomas<br>Mateo (taga-tipon ng buwis) | Felipe<br>Bartolomeo<br>Mateo<br>Tomas | Felipe<br>Bartolomeo<br>Mateo<br>Tomas | Felipe<br>Tomas<br>Bartolomeo<br>Mateo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Pangatlong Pangkat** | Santiago (Anak ni Alphaeo)<br>Tadeo<br>Simon (ang Cananeo)<br>Hudas (Iskaryote) | Santiago (Anak ni Alphaeo)<br>Tadeo<br>Simon (ang Cananeo)<br>Hudas (Iskaryote) | Santiago (Anak ni Alphaeo)<br>Simon (ang panatiko)<br>Hudas (Anak ni Santiago)<br>Hudas (Iskaryote) | Santiago (Anak ni Alphaeo)<br>Simon (ang panatiko)<br>Hudas (Anak ni Santiago) |

▣ **"sa kautusan, at gayon din ng mga propeta"** Ito ay pumapatungkol sa dalawa sa tatlong mga bahagi ng Hebreong kanon: ang kautusan, ang mga Propeta, at ang mga kasulatan (na patuloy na pinag-usapan sa Jamnia noong A.D. 90). Ito ay katagang pumapatungkol sa kabuuan ng Lumang Tipan.

▣ **"Hesus na taga-Nazaret, ang anak ni Jose"** Kailangang maunawaan ito sa liwanag ng Hudyong pagkagamit. Si Hesus noon ay nanirahan sa Nazaret at ang ama ng tahanan ay nagngangalang Jose. Hindi nito tinatanggi is ang kapanganakan ni Hesus sa Betlehem (cf. Micah 5:2), o Kanyang pagsilang sa isang dalaga (cf. Isaias 7:14). Tingnan sa sumusunod NATATANGING PAKSA.

## NATATANGING PAKSA: HESUS ANG NAZARENO

Maraming mga iba't-ibang salitang Griyego ang ginagamit patungkol kay Hesus

A. Mga Salita sa NT

1. Nazaret – ang lungsod sa Galilea (cf. Lucas 1:26; 2:4,39,51; 4:16; Gawa 10:38). Ang lungsod na ito ay hindi nabanggit sa mga makabagong kasulatan, ngunit natagpuan sa mga huling inskripsiyon.

   Para kay Hesus na galling sa Nazaret ay hindi isang papuri (cf. Juan 1:46). Ang tanda sa itaas ng krus ni Hesus na kasama ang lugar na ito ay isang tanda ng pagkasuklam ng mga Hudyo.

2. *Nazarēnos* – tila din nagpapatungkol sa isang geograpikal na lugar (cf. Lucas 4:34; 24:19).
3. *Nazōraios* – maaaring pumatungkol sa isang lungsod, ngunit maaari itong paglalaro ng salitang Hebreong pang-mesias na "Sanga" (netzer, cf. Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12; in the NT, Pahayag 22:16). Ginagamit ito ni Lucas kay Hesus sa 18:37 and Gawa 2:22; 3:6; 4:10; 6:14; 22:8; 24:5; 26:9.
4. Kaugnay ng #3 *nāzir*, na nangangahulugang "inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata."

B. Mga pangkasaysayang paggamit sa labas ng NT.

1. Ito ay tinataguring isang Hudyong (bago ang pagka-Kristiyano) ereheng pangkat (Aramaikong *nāsōrayyā*).
2. Ito ay ginamit sa mga pangkat Huydo na inuugnay sa mga mananampalataya ni Kristo (cf. Gawa 24:5,14; 28:22, *nosri*).
3. Ito ay naging karaniwang katawagan sa mga mananampalataya sa mga iglesia sa Syria. "Kristiyano" ay ginamit sa mga iglesiyang Griyego upang tukuyin ang mga mananampalataya.
4. Noong minsan makalipas ang pagbagsak ng Herusalem, ang mga Pariseo muling natatag sa Jamnia at nagsulsol ng isang pormal na paghihiwalay sa pagitan ng sinagoga at iglesia. Isang halimbawa ng uri ng mga salitang sumpa laban sa mga Kristiyano ay matatagpuan sa "ang Labingwalong Pagbabasbas" mula sa *Berakoth* 28b-29a, na tinatawag ang mga mananampalataya na "MGA NAZARENO."

   "Ang mga NAZARENO at mga erehe nawa ay maglaho sa isang saglit; dapat silang mabura sa aklat ng buhay and hindi maisulat sa mga sumasampalataya."

5. Ito ay ginamit ni Justin Martyr, *Dial.* 126:1, na ginamit ang *netzer* ni Isias kay Hesus.

C. Palagay ng May-akda

Ako ay nagulat sa maraming pagbabaybay ng salita, pero alam kong ito a hindi di-narinig OT katulad ng "Joshua" ay maraming magkakaibang pagbabaybay sa Hebreo. Ang mga sumusunod na mga bagay ang nagdala sa akin na manatiling di matiyak sa ganap nitong kahulugan:

1. ang malapit na kaugnayan sa salitang Mesias na "Sanga" (*netzer*) o ang parehong salitang *nāzir* (inihandog ang isa sa pamamagitan ng panata)
2. ang negatibong gamit sa Galilea
3. kaunti o walang makabagong banggit sa lungsod ng Nazaret sa Galilea
4. ito ay nanggaling sa sinalita ng demonyo sa isang kaparaanang *eschatological* (i.e., "Ikaw ba ay naparito upang kami'y wasakin?").

Para sa isang kabuuang sanggunian ng mga pag-aaral sa pangat ng salitang ito, tingnan si Colin Brown (ed.), *New International Dictionary of New Testament Theology*, vol. 2, p. 346 o Raymond E. Brown, *Birth*, pp. 209-213, 223-225.

**1:46 “sinabi sa kaniya ni Natanael, ‘Mangyayari bagang lumitaw ang anomang magaling na bagay sa Nazaret?’”** Halatang alam nila Felipe at Nathanael ang mga hula ng OT; ang Mesias ay manggagaling sa Betlehem (cf. Micah 5:2) malapit sa Herusalem, hindi sa Nazaret sa Galilea ng mga Hentil, ngunit ang Isaias 9:1-7 ay pinapahiwatig ang mismong bagay na ito!

**1:47**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, NRSV** | **“na sa kaniya'y walang daya”** |
| **TEV** | **“walang huwad sa kanya”** |
| **NJB** | **“na sa kaniya'y walang pangdaraya”** |

Ito ay nangangahulugang isang taong tapat na walang tinatagong motibo (cf. Awit 32:2), isang totoong paglalarawan ng mga piniling mga tao, ang Israel.

**1:48 “Si Hesus ay sumagot at sinabi sa kaniya, ‘Bago ka tinawag ni Felipe, nang ikaw ay nasa ilalim ng puno ng igos, ay nakita kita.’”** Halatang ginamit ni Hesus ang kanyang karunungang higit sa tao (i.e., 2:24-25; 4:17-19,29; 6:61,64,71; 13:1,11,27,28; 16:19,30; 18:4) upang magbigay ng isang tanda kay Natanael na siya ang Mesias.

Mahirap maunawaan kung paanong ang pagka-Diyos at pagkatao ni Hesus ay umiiral. Sa ilang mga sipi ay hindi matiyak kung si Hesus ay gumamit ng kapangyarihang higit sa tao o kakayahang pantao. Dito ang kahulugan ay kakayahang “higit sa tao”.

**1:49 “Sumagot si Natanael sa kaniya, ‘Rabi, ikaw ang Anak ng Diyos . . . Hari ng Israel.’”** Pansinin ang dalawang katawagan! Pareho itong may kahulugang pambansang patungkol sa Mesias (i.e., Awit 2). Ang mga naunang alagad na ito ay nauunawaan si Hesus sa pagpapangkat ng mga unang siglong Hudyo. Hindi nila lubusang nauunawaan ang Kanyang persona at gawain bilang Nagdurusang Lingkod (cf. Isaias 53) hanggang pagkatapos ng muling pagkabuhay.

**1:51**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo,”** |
| **NKJV** | **“Lubhang may katiyakang, sinasabi ko sa iyo,”** |
| **NRSV** | **“Talagan totoo, sinasabi ko sa iyo,”** |
| **TEV** | **“Nagsasabi ko sa iyo ng katotohanan”** |
| **NJB** | **“Sa lahat ng katotohanan”** |

Ang literal na kahulugan nito ay “Amen! Amen!” Ang pagpapares ni Hesus ng katagang ito ay matatagpuan lamang sa Ebanghelyo ni Juan, kung saan ito ay makikita ng dalawampu’t limang beses. Ang “Amen” ay isang anyo ng Hebreong salita para sa pananampalataya (*emeth*) na nangangahulugang “maging matatag” (tingnan sa NATATANGING PAKSA ng 1:14). Ito ay ginamit sa OT bilang isang talinghaga para sa katatagan at pagtitiwala. Dumating ito upang isalin bilang “pananampalataya” o “puno ng pananampalataya.” Datapwa’t, sa pagdaan ng panahon, ito ay dumating bilang isang pagsang-ayon. Sa unang lugar sa pangungusap, ito ay isang natatanging paraan upang mabigyan ng pansin ang mga mahalaga at mapagkakatiwalaang pangungusap o pahayag ni Hesus mula kay YHWH (cf. 1:51; 2:3,5,11; 5:19,24,25; 6:26,32,47,53; 8:34,51,58; 10:1,7; 12:24; 13:16,20,21,38; 14:12; 16:20,23; 21:18).

Pansinin ang pagbabago sa PANGMARAMIHAN (PANGHALIP and PANDIWA). Ito ay dapat marahil na iparating sa mga taong nandoon.

## NATATANGING PAKSA: AMEN

I. OT
   A. Ang salitang “Amen” ay galing sa salitang Hebreo para sa
      1. “katotohanan” (*emeth*, BDB 49)
      2. “puno ng katotohanan” (*emun, emunah*, BDB 53)
      3. “pananampalataya” o “puno ng pananampalataya”
      4. “tiwala” (dmn, BDB 52)
   B. Ang etimolohiya ay galing sa tindig ng taong matibay. Ang kabaliktaran nito ay ang isang hindi matibay, dumudulas (cf. Awit 40:2; 73:18; Jeremias 23:12) or kakatisuran (cf. Awit 73:2). Mula sa literal na pagkagamit nabuo ang salitang metaporikal sa puno ng pananampalataya, pagtitiwala, katapatan, at maaasahan (cf. Genesis 15:6; Habakuk 2:4).
   C. Mga natatanging paggamit
      1. isang haligi, II Hari 18:16 (I Timoteo 3:15)
      2. katiyakan, Exodo 17:12

3. maaasahan, Exodo 17:12
4. katatagan, Isaias 33:6
5. katotohanan, I Hari 10:6; 17:24; 22:16; Kawikaan 12:22
6. matatag, II Chronika 20:20; Isaias 7:9
7. maaasahan (Torah), Awit 119:43,142,151,160

D. Sa OT dalawa iba pang salitang Hebreo ay ginamit para sa aktibong pananampalataya.
1. *bathach* (BDB 105), tiwala
2. *yra* (BDB 431), takot, paggalang, pagsamba (cf. Genesis 22:12)

E. Mula sa pagkakagamit ng tiwala or katiwa-tiwala ay nabuo ang isang pagkakagamit na *liturgical* upang tindigan ang katotohan at pagtitiwala ng pahayag ng iba (cf. Deuteronomio 27:15-26; Nehemiah 8:6; Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48).

F. Ang susing teolohikal sa salitang ito ay hindi sa katapatan ng tao kundi ni YHWH (cf. Exodo 34:6; Deuteronomio 32:4; Awit 108:4;115:1; 117:2; 138:2). Ang tanging pag-asa ng sangkatauhang mapapahamak ay ang mahabagin, mapagkakatiwalaan,mapagkasundong katapatan ni YHWH at Kanyang mga pangako. Sa kanilang nakakakilala kay YHWH ay magiging katulad niya (cf. Habakuk 2:4). Ang Bibliya ay isang kasaysayan at isang tala ng Diyos na ipinapanumbalik ang kanyang larawan (cf. Genesis 1:26-27) sa sangkatauhan. Ang kaligtasan ay pinapanumbalik ang kakayahan ng taong magkaroon nang malapit na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ang dahilan kaya tayo nilikha.

II. NT

A. Ang gamit ng salitang "amen" bilang isang paghuling *liturgical* na pagtindig sa katapatan ng isang pahayag ay karaniwan sa NT (cf. I Corinto 14:16; II Corinto 1:20; Pahayag 1:7; 5:14; 7:12).

B. Ang gamit ng salitang ito bilang pagtapos ng panalangin ay karaniwan sa NT (cf. Roma 1:25; 9:5; 11:36; 16:27; Galacia 1:5; 6:18; Efeso3:21; Filipos 4:20; II Thesalonica 3:18; I Timoteo 1:17; 6:16; II Timoteo 4:18).

C. Si Hesus lamang ang gumamit nito (madalas na pares sa Juan) upang pasimulan ang mga mahalagang pangungusap (cf. Lucas 4:24; 12:37; 18:17,29; 21:32; 23:43)

D. Ito ay ginamit na isang pantawag kay Hesus sa Pahayag 3:14 (marahil isang pantawag kay YHWH sa Isaias 65:16).

E. Ang kaisipang puno ng pananampalataaya o pananampalataya, pagtitiwala, o tiwala ay inihayag sa Griyegong salitang *pistos* o *pistis*, na naisalin sa Ingles bilang "tiwala," "pananampalataya," "paniniwala."

▣ **"iyo, ninyo"** Sila ay parehong PANGMARAMIHAN. Si Hesus ay nagsasalita sa lahat ng nakatinding doon at, sa isang banda, sa lahat ng sangkatauhan!

▣ **"ang mga langit ay bumukas"** Ang pariralang ito ay nakaikot sa pagpapakita ng Diyos sa OT.
1. Ezekiel, Ezekiel 1:1
2. Hesus, Mateo. 3:16; Marcos 1:10; Lucas 3:21
3. Stepheno, Gawa 7:56
4. Cornelio, Gawa 10:11
5. Ang Pangalawang Pagparito, Pahayag 19:11

Ito ay nasa GANAP NA TAHASANG PANDIWARI na nagpapahiwatig na sila ay nananatiling bukas. Ang salitang " mga langit" ay pangmaramihan dahil ito ay pangmaramihan sa Hebreo. Maaari itong tumukoy sa (1) ang himpapawid sa taas ng mundo sa Genesis 1 o (2) ang mismong presensya ng Diyos.

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA LANGIT

Sa OT, ang salitang "langit" ay kadalasang PANGMARAMIHAN (i.e., *shamayim*, BDB 1029). Ang Hebreong salita ay nangangahulugang "taas." Ang Diyos ay tumatahan sa kaitaasan. Ang konseptong ito ay naglalarawan ng kabanalan at pagkamataas ng Diyos.

Sa Genesis 1:1 ang PANGMARAMIHAN "mga kalangitan at lupa" ay pinapakitang ang Diyos ay lumikha (1) ng himpapawid na nasa taas ng mundong ito o (2) isang daan upang ipahayag ang lahat ng katotohanan (i.e., espirituwal at pisikal). Mula panimulang pagkaunawa, ang ibang mga teksto ay nakitang nagbanggit ang mga "antas ng langit" (cf. Awit 68:33) o "langit at ang langit ng mga kalangitan" (cf. Deuteronomio 10:14; I Hari 8:27; Nehemiah 9:6; Awit 148:4). Ang mga Rabi ay ipinagpapalagay na mayroong
1. dalawang langit (i.e., R. Judah, Hagigah 12b)
2. tatlong langit (Test. Levi 2-3; Ascen. of Isaias 6-7; Midrash Tehillim on Awit 114:1)

3. limang langit (III Baruch)
4. pitong langit (R. Simonb. Lakish; II Enoch 8; Ascen. of Isaias 9:7)
5. sampung langit (II Enoch 20:3b; 22:1)

Ang lahat ng ito ay naglalayong ipakita ang pagkahiwalay ng Diyos sa pisikal paglilikha at/o ang Kanyang pagkamataas. Ang pinaka-karaniwang bilang ng mga langit sa Rabinikal na Judaismo ay pito. Si A. Cohen, *Everyman's Talmud* (p. 30), ay nagsasabing ito ay kaugnay sa mga panghimpapawid na kabilugan, ngunit sa aking pag-aaral, ito ay nagpapahiwatig sa pito bilang ganap na bilang (i.e., mga araw ng paglilikha, pang-pito bilang araw ng pamamahinga ng Diyos sa Genesis 1).

Si Pablo, sa II Corinto 12:2, ay binaggit ang "ikatlong" langit (Griyego *ouranos*) bilang daan upang makilala ang personal at dakilang presensiya ng Diyos. Si Pablo ay may personal na pagtatagpo sa Diyos!

▣ "**ang mga anghel ng Diyos na namamanhik-manaog**" Ito ay isang pagkabanggit sa karanasan ni Jacob sa Bethel (cf. Genesis 28:10ff). Si Hesus ay nagpapatotoo na kung ang Diyos ay nangakong ipagkaloob ang mga pangangailangan ni Jacob, ang Diyos ay pinagkaloob ang lahat Niyang pangangailangan!

**"Anak ng Diyos"** Ito ay sariling-piling katawagan ni Hesus. Isa itong pariralang Hebreo na pumapatungkol sa isang taong nilalang (cf. Awit. 8:4; Ezekiel 2:1). Ngunit dahil sa gamit nito sa Daniel 7:13, kinuha nito ang katangiang pagka-Diyos. Ang katagang ito ay walang pambansa o pang-militar na kahulugan dahil ito ay hindi ginamit ng mga Rabi. Pinili ni Hesus ito dahil pinagtambal nito ang dalawang aspeto ng Kanyang kalikasan (pagkatao at pagka-Diyos, cf. I Juan 4:1-3). Binabanggit ni Juan ang paggamit nito ni Hesus ng labing-tatlong beses.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit tinanong ng lupong galing sa Herusalem si Juan Bautista na kung siya nga ang isa sa mga katauhan sa OT?
2. Kilalanin ang Kristolohikal na pahayag na ginawa ni Juan Bautista patungkol kay Hesus sa talata 19-30.
3. Bakit ang Synoptics at Juan ay nagkakaiba nang lubusan sa panawagan ng mga alagad?
4. Ano ang kanilang pagkakaunawa patungkol kay Hesus? Pansinin ang mga katawagan na kung saan Siya na tinatawag nila. (talata 38).
5. Ano ang tawag ni Hesus sa kanilang sarili? Bakit?

# JUAN 2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kasalan sa Canaanan | Naging Alak ang Tubig | Ang Kasalan sa Canaanan | Ang Kasalan sa Canaanan | Ang Kasalan sa Canaanan |
| 2:1-11 | 2:1-12 | 2:1-11 | 2:1-3 | 2:1-10 |
| | | | 2:4 | |
| | | | 2:5 | |
| | | | 2:6-10 | |
| | | | 2:11 | 2:11-12 |
| 2:12 | | 2:12 | 2:12 | |
| Ang Paglilinis sa Templo | Nilinis ni Hesus ang Templo | Ang Paglilinis sa Templo | | Ang Paglilinis sa Templo |
| 2:13-22 | 2:13-22 | 2:13-22 | 2:13-17 | 2:13-22 |
| | | | 2:18 | |
| | | | 2:19 | |
| | | | 2:20 | |
| | | | 2:21-22 | |
| Kilala ni Hesus ang Lahat ng Tao | Ang Nakakabatid sa mga Puso | | Ang Kaalaman ni Hesus sa Katangian ng Tao | Si Hesus sa Herusalem |
| 2:23-25 | 2:23-25 | 2:23-25 | 2:23-25 | 2:23-25 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 2:1-11

A. Si Hesus ay naiiba sa mga pinuno ng ibat-ibang relihiyon ng Kanyang panahon. Kumakain Siyang kasama ang mga pangkaraniwang tao. Habang si Juan Bautista ay isang pribadong tao mula sa disyerto, si Hesus ay pampublikong personalidad ng mga karaniwang tao.

B. Ang Kanyang unang tanda ay napakapantahan, napakapampamilya! Pag-aaruga at pag-aalala para sa pangkaraniwang tao ang kumakatawan kay Hesus at ang Kanyang galit sa mapagmagaling na relihiyoso ay nagpapakita ng ibang bahagi ng Kanyang karakter. Ang prioridad ng mga tao, hindi ang tradisyon o ang mga sapilitang ritwal, ang nagpapakita ng kalayaan ni Hesus, subalit may paggalang parin sa pangkulturang inaasahan.

C. Ito ang una sa pitong mga tanda na ginamit ni Juan para ipahayag ang karakter at kapangyarihan ni Hesus (mga kabanata 2-11).
   1. tubig naging alak (2:1-11)
   2. pagpapagaling sa batang lalake (4:46-54)
   3. pagpapagaling sa lumpong lalake (5:1-18)
   4. pagpapakain sa karamihan (6:1-15)
   5. paglakad sa tubig (6:16-21)
   6. pagpapagaling sa bulag na lalake (9:1-41)
   7. muling pagbuhay kay Lazaro (11:1-57)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 2:1-11

**1 At nang ikatlong araw ay nagkaroon ng isang kasalan sa Canaan ng Galilea; at naroon ang ina ni Hesus: 2 At inanyayahan din naman si Hesus, at ang kaniyang mga alagad, sa kasalan. 3 At nang magkulang ng alak, ang ina ni Hesus ay nagsabi sa kaniya, "Wala silang alak." 4 At sinabi sa kaniya ni Hesus, "Babae, anong pakialam ko sa iyo? ang aking oras ay hindi pa dumarating" 5 Sinabi ng kaniyang ina sa mga alila, "Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin. "**
**6 Mayroon nga roong anim na tapayang bato na nalalagay alinsunod sa kaugaliang paglilinis ng mga Hudyo, na naglalaman ang bawa't isa ng dalawa o tatlong bangang tubig. 7 Sinabi sa kanila ni Hesus, "Punuin ninyo ng tubig ang mga tapayan". At kanilang pinuno hanggang sa labi. 8 At sinabi niya sa kanila, "Kunin ninyo ngayon, at inyong iharap sa pangulo ng kapistahan". At kanilang iniharap. 9 At nang matikman ng pangulo ng kapistahan ang tubig na naging alak nga, at hindi niya nalalaman kung saan buhat (datapuwa't nalalaman ng mga alila na nagsikuha ng tubig), ay tinawag ng pangulo ng kapistahan ang kasintahang lalaki, 10 At sinabi sa kaniya, "Ang bawa't tao ay unang inilalagay ang mabuting alak; at kung mangakainom nang mabuti ang mga tao, ay saka inilalagay ang pinakamasama: itinira mo ang mabuting alak hanggang ngayon." 11 Ang pasimulang ito ng kaniyang mga tanda ay ginawa ni Hesus sa Canaan ng Galilea, at inihayag ang kaniyang kaluwalhatian; at nagsisampalataya sa kaniya ang kaniyang mga alagad.**

**2:1 "nagkaroon ng isang kasalan"** Ang mga kasalan sa nayon ay isang mahalagang pangyayaring sosyal. Ito ay madalas na nagsasangkot sa buong kumonidad at nagtatagal ng ilang mga araw.

▣ **"Canaan"** Ang Salitang ito ay nabanggit lamang sa Ebanghelyo ni Juan (2:1,11; 4:46; 21:2). Alam natin ang ilang mga bagay tungkol dito.
1. Ang sariling bayan ni Nathanael
2. lugar ng unang himala ni Hesus
3. malapit sa Capernaum

Mayroong apat na maaring mga lugar (AB, vol. 1, p. 827)
1. Ain Qana, isang milyang layo lamang sa Nazaret
2. Kafr Kanna, may tatlong milyang hilagang-silangan ng Nazaret
3. Khirbet Qana, may walo at kalahating milya sa hilaga ng Nazaret, sa burol
4. Canaan sa lambak ng Asochis, binanggit ni Josephus (*Life*, 86, 206).

Ang lokasyon sa lambak ay tila tumutugma sa pangalan ng Canaan, na siyang Hebreo ng "tambo" (i.e., tubo)

▣ **"at naroon ang ina ni Hesus"** Kapansin-pansing si Maria ay tumutulong sa pagsasaayos ng kasalan. Ito makikita sa (1) kanyang pag-uutos sa mga tagapag-lingkod (cf. v. 5) at (2) kanyang pag-aalala sa pamawing-uhay (cf. v. 3). Ito marahil ay ang mga kamag-anak o mga kaibigan ng pamliya.

**2:3 "Wala silang alak"** Ito ay inuutos sa kaugalian ng Hebreo na paghainan ng alak ang mga bisita. Ang alak na ito ay walang alinlangang pinangasim, ayon sa (1) pagpuna ng punong tagapangasiwa, vv. 9-10; (2) ang kaugaliang Hudyo sa panahon ni Hesus; o (3) ang kakulangan sa malinis na proseso o kemikal na pandagdag.

## NATATANGING PAKSA: BIBLIKAL NA SALOOBIN PATUNGKOL SA ALKOHOL AT PAGKAGUMON SA ALKOHOL

I. Biblikal na mga Salita

A. Lumang Tipan

1. *Yayin* – Ito ang pangkalahatang Salita para sa alak (BDB 406), na ginamit ng 141 beses. Ang pinagmulang salita ay di tiyak dahil hindi ito nag-ugat sa Hebreo. Ito ay laging nangangahulugang pinangasim na katas ng bunga, kadalasan ay ubas. Ilang mga tipikal na sipi ay ang Genesis 9:21; Exodo 29:40; Bilang 15:5,10.
2. *Tirosh* – Ito ay "bagong alak" (BDB 440). Dahil sa ma-klimang kondisyon ng Near East, nagsisimula ang pagpapaasim makalipas ang anim na oras matapos ang pagkakatas sa bunga. Ang salitang ito ay tumutukoy sa proseso ng pagpapaasim. Para sa ilang mga tipikal na sipi tignan ang Deuteronomio 12:17; 18:4; Isaias 62:8-9; Osea 4:11.
3. *Asis* – Ito ay halatang isang alkohol na inumin ("matamis na alak," BDB 779, e.g. Joel 1:5; Isaias 49:26).
4. *Sekar* – Ang Salitang ito ay "malakas na pag-inom" (BDB 1016). Ang ugat na Hebreo ay ginamit sa Salitang "lasing" o "lasenggero ." Mayroon itong bagay na idinagdag para ito ay maging nakakalalasing. Ito ay kahanay sa *yayin* (cf. Kawikaan 20:1;31:6; Isaias 28:7).

B. Bagong Tipan

1. *Oinos* – ang Griyegong kapantay ng of *yayin*
2. *Neos oinos* (bagong alak) – ang Griyegong kapantay ng *tirosh* (cf. Marcos 2:22).
3. *Gleuchos vinos* (matamis na alak, *asis*) – alak sa unang baitang pagpapaasim (cf. Gawa 2:13).

II. Biblikal na Gamit

A. Lumang Tipan

1. Ang alak ay kaloob ng Diyos (Genesis 27:28; Awit 104:14-15; Ecclesiastes 9:7; Osea 2:8-9; Joel 2:19,24; Amos 9:13; Zacarias 10:7).
2. Ang alak ay bahagi ng sakripisyong paghahandog (Exodo 29:40; Levitico 23:13; Bilang 15:7,10; 28:14; Deuteronomio 14:26; Hukom 9:13).
3. Ang alak ay ginagamit bilang isang gamot (II Samuel 16:2; Kawikaan 31:6-7).
4. Ang alak ay maaaring maging isang tunay na suliranin (Noah – Genesis 9:21; Lot – Genesis 19:33,35; Samson – Hukom 16; Nabal – I Samuel 25:36; Urias – II Samuel 11:13; Amnon – II Samuel 13:28; Elah – I Hari 16:9; Benhadad – I Hari 20:12; mga pinuno – Amos 6:6; ang mga kababaihan – Amos 4).
5. Ang alak ay maaring abusuhin (Kawikaan 20:1; 23:29-35; 31:4-5; Isaias 5:11,22; 19:14; 28:7-8; Hosea 4:11).
6. Ang alak ay ipinagbabawal sa ilang mga pangkat (mga saserdoteng kasalukuyang nakatalaga, Levitico 10:9; Ezekiel 44:21; mga Nazarito, Bilang 6; at mga namumuno, Kawikaan 31:4-5; Isaias 56:11-12; Hosea 7:5).
7. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Amos 9:13; Joel 3:18; Zacarias 9:17).

B. *Interbiblical*

1. Ang alak sa mahinahong pag-inom ay labis na nakakatulong (Ecclesiasticus 31:27-30).
2. Ang sabi ng mga rabi o gurong Hudyo , "Ang alak ay ang higit sa lahat ng mga medisina, kung saan kulang ang alak, tiyak higit na kailangan ang mga gamot" (BB 58b).

C. Bagong Tipan

1. Binago ni Hesus ang madaming tubig na maging alak (Juan 2:1-11).
2. Uminom si Hesus ng alak (Mateo 11:18-19; Lucas 7:33-34; 22:17ff).
3. Si Pedro ay inakusahan sa paglalasing ng "bagong alak" sa Pentecost (Gawa 2:13).
4. Ang alak ay maaring gamitin bilang medisina (Marcos 15:23; Lucas 10:34; I Timoteo 5:23).
5. Ang mga pinuno ay hindi dapat maging abusado. Hindi ito nangangahulugan ng lubusang pag-iwas (I Timoteo 3:3,8; Tito 1:7; 2:3; I Pedro 4:3).
6. Ang alak ay ginamit sa ekastolohikal na mga tagpuan (Mateo. 22:1ff; Pahayag 19:9).
7. Ang paglalasing ay nakalulungkot (Mateo 24:49; Lucas 12:45; 21:34; I Corinto 5:11-13; 6:10; Galacia 5:21; I Pedro 4:3; Roma 13:13-14).

III. Teolohikong na pagkakaunawa

A. Diyalektikong tensyon
   1. Ang alak at kaloob ng Diyos.
   2. Ang paglalasing ay isang pangunahing suliranin.
   3. Ang mananampalataya sa ilang mga kultura ay dapat limitahan ang kanilang kalayaan alang-alang sa ebanghelyo (Mateo 15:1-20; Marcos 7:1- 23; I Corinto 8-10; Roma 14).
B. Ang pagkahilig na lumagpas sa itinakdang mga hangganan
   1. Ang Diyos ang pinagmumulan ng lahat ng mabubuting mga bagay.
   2. Ang lugmok na sangkatauhan ay inabuso ang kaloob ng Diyos sa pamamagitan ng paglagpas sa itinakdang hangganan ng Diyos.
C. Ang pag-abuso ay nagmumula sa atin, hindi sa mga bagay. Walang masama sa pisikal na nilikha (cf. Marcos 7:18-23; Roma 14:14,20; I Corinto 10:25-26; I Timoteo 4:4; Tito 1:15).

IV. Unang Siglong MakaHudyong Kultura at Pagpapaasim
A. Ang pagpapaasim ay nagsisimula ng mabilisan, halos anim na oras matapos na mapiga ang ubas.
B. Sinasabi ng tradisyon ng Hudyo na kapag may maliit na bula ang lumitaw sa ibabaw ( tanda ng pagaasim), ito ay maaring maging alak- katiting na bahagi (*Ma aseroth* 1:7). Ito ay tinawag na "bagong alak" o "matamis na alak."
C. Ang pangunahing matinding pagpapaasim ay nakokompleto pagkatapos ng isang lingo.
D. Ang ikalawang bahagi ng pagaasim ay inaabot ng 40 araw. Sa ganitong kalgayan ityo itinuturing na "pnatandang alak" at maaring ialay sa altar (*Edhuyyoth* 6:1).
E. Ang alak na inilagak sa kanyang lumang alak ay itinuturing na mabuti, ngunit kailangan muna itong salain bago gamitin.
F. Ang alak ay itinuturing na maayos na pinatanda kadalasan ay inaabot ng isang taon ng pagpapaasim. Tatlong taon ang pinakamahabang takdang panahon ng alak na ligtas itong naka-imbak. Tinatawag iton "matandang alak" at kailangan na haluan ng tubig.
G. Tanging sa nakalipas na 100 taon na may malinis na kilalagayan at nagdadagdag ng kemikal na sangkap ay ang pagpapaasim ay napapatigil. Ang sinaunang mundo ay di kayang pigilan ang natural na proseso ng pagpapaasim.

V. Pangwakas na Paglalahad
A. Siguraduhing ang iyong karanasan, teolohiya , at biblikal na interpretasyon ay hindi nakakapagpababa kay Hesus at sa kultura ng unang siglong Hudyo/Kristyano. Sila ay kapansin-pansin hindi buong lakas na umiiwas.
B. Hindi ko itinataguyod ang panlipunang gamit ng alkohol. Gayunman, marami ang nagbibigay diin sa posisyon ng Biblia sa paksang ito at ngayon ay nag-aangkin na mataas na antas ng kabanalan batay sa kultura/denominasyonal na pagkiling.
C. Para sa akin, ang Roma 14 at I Corinto 8-10 ay nagbigay ng mga kaunawaan at patnubay batay sa pag-ibig at respeto para sa kapwa mga mananampalataya at ang pagkalat ng ebanghelyo sa ating kultura, hindi personal na kalayaan o kritisismong paghuhusga. Kung ang Biblia ang tangin pinagmumulan ng ating paniniwala at kaugalian, kung gayon marahil dapat lahat tayo ay muling isaisip ang usaping ito.
D. Kung patuloy nating pagtutulakan ang tahasang pag-iwas bilang kalooban ng Diyos, anu ang ipinahihiwatig natin kay Hesus, at sa ilang mga modernong kultura na regular na gumagamit ng alak.(e.g., Europa, Israel, Argentina)?

**2:4 "Babae"** Sa Ingles ito ay marahil nakakasakit, ngunit sa salitang Hebreo, ito ay titulo ng pagrespeto (cf. 4:21; 8:10; 19:26; 20:15).

▣
**NASB "anu ang kinalaman nito sa atin?"**
**NKJV "Anu ang kinalaman ng iyong pag-aalala sa Akin?"**
**NRSV "Anu ang iyong pag-aalala sa iyo at sa akin?"**
**TEV "Hindi mo dapat sabihin sa aking kung anu ang aking gagawin"**
**NJB "Anu ang kailangan mo sa akin?"**

Ito ay salitang Hebreo, na sa literal ay "ano sa akin at sa iyo" (cf. Hukom 11:12; II Samuel 16:10; 19:22; I Hari 17:18; II Hari 3:13;II Cronika 35:21; Mateo 8:29; Marcos 1:24; 5:7; Lucas 4:34; 8:28; Juan 2:4). Ito ay posibleng simula ng bagong relasyon ni Hesus sa Kanyang pamilya.(cf. Mateo 12:46ff; Lucas 11:27-28).

▣ **"ang aking oras ay hindi pa dumarating"** Ito ay nagpapakita ng sariling pagkakaunawa ni Hesus tungkol sa kanyang itinakdang layunin (cf. Marcos 10:45). Gumagamit si Juan ng ganitong Salita "oras" sa ilang mga kaparaanan.
1. para sa oras (cf. 1:39; 4:6,52,53; 11:9; 16:21; 19:14; 19:27)
2. para sa pagtatapos ng panahon (cf. 4:21,23; 5:25,28)

3. para sa Kanyang huling mga araw (pag-aresto, paglilitis,kamatayan, cf. 2:4; 7:30; 8:20; 12:23,27; 13:1; 16:32; 17:1)

**2:5 “Gawin ninyo ang anomang sa inyo'y kaniyang sabihin”** Hindi naintindihan ni Maria ang pagpuna ni Hesus, sa Kanyang buong pagpipigil sa pag-kilos para sa ngalan niya, sa sitwasyong ito.

**2:6**
**NASB „para sa for Hudyong kaugalian ng paglilinis"**
**NKJV „ayon sa paraan ng paglilinis"**
**NRSV „para sa makaHudyong ritwal ng paglilinis"**
**TEV „ang mga Hudyo ay mayroong mga tuntunin tungkol sa ritwal ng paghuhugas"**
**NJB „para sa seremonyang paghuhugas na siyang kaugalian ng mga Hudyo"**

Ang mga lalagyan ng mga tubig na ito ay ginagamit para sa seromonyang paghuhugas ng paa, kamay, mga kagamitan, at iba pa. Ginawa ni Juan ang pagpunang ito para tulungan ang mga Hentil na maintindihan ang tunay kalagayan.

**2:6-7 “anim na tapayang bato”** Gaya ng madalas sa Juan, ito marahil ay tanda may dalawang mga layunin.

1. para tulungan ang mag-asawang ikinasal
2. it ay talagang tanda na tumuturo kay Hesus bilang katugunan ng Judaismo. Ang mga dahilan sa likod nito ay ang huling pangungusap marahil.
   a. ang bilang “6” ay simbolo ng pantaong pagsisikap
   b. Ang kahilingan ni Hesus upang punan ang mga ito hanggang sa labi ay tila upang magkaroon ng simbolong kahulugan, hindi lamang upang magbigay ng higit pang alak
   c. ang malaking dami ng alak, na kung saan ay higit na labis para sa isang lokal na kapistahan ng kasal
   d. alak ay isang simbolo ng kasaganaan ng bagong panahon (cf. Jeremias 31:12; Osea 2:22; 14:7; Joel 3:18; Amos 9:12-14).

▣ **“na naglalaman ang bawa't isa ng dalawa o tatlong bangang tubig”** Ang panukat na ginamit ay salitang Hebreo na *bath*. Mayroong tatlong magkakaibang mga sukat ng *baths* na ginamit sa panahon ni Hesus kaya ang bilang ay di tiyak, ngunit ang milagrong ito ay nagsasangakot ng malaking bilang ng alak!

## NATATANGING PAKSA: SINAUNANG *NEAR EASTERN* NA TIMBANG AT DAMI (METROLOHIYA)

Ang mga timbang at mga panukat na ginamit sa komersyo ay napahakalaga sa sinaunang ekonomiyang agrikultural. Ang Biblia ay hinihimok ang mga Hudyo na maging patas sa kanilang pakikitungo sa isa't isa (cf. Levitico 19:35-36; Deuteronomio 25:13-16; Kawikaan 11:1; 16:11; 20:10). Ang tunay na suliranin ay hindi lamang katapatan, ngunit ang mga kawalan ng pamantayan na mga tuntunin at sistema na ginamit sa Palestina. Mukhang mayroong dalawang set ng mga timbang; isang "magaan" at isang "mabigat" ng bawat dami (tignan The Interpreter's Dictionary of the Bible, vol. 4, p. 831). At ang sistemang desimal (base of 10) ng Ehipto ay naisama sa sexagesimal (base of 6) ng Mesopotamia.

Marami sa mga "sukat" at "halaga" na ginagamit ay batay sa mga bahagi ng katawan ng tao, nadadala ng hayop, at lalagyan ng mga magsasaka, wala sa kung saan ay may tamang pamantayan. Samakatuwid, ang mga tsart ay pagtatantya lamang at ito ay pansamantala. Ang pinakamadaling paraan upang ipakita ang mga timbang at mga panukat ay sa pamanggit tsart.

I. Salitang dami ay madalas na ginagamit sa
   A. Pagsukat sa mga Tuyong Bagay
      1. Homer (BDB 330, posibleng sa “nakakarga ng asno,” BDB 331), e.g., Levitico 27:16; Hosea 3:2
      2. Letekh (or lethech, BDB 547, posibleng ipinapahiwatig kay Hosea 3:2)
      3. Ephah (BDB 35), e.g., Exodo 16:36; Levitico 19:36; Ezekiel 45:10-11,13,24
      4. Se'ah (BDB 684), e.g., Genesis 18:6; I Samuel 25:18; I Hari 18:32; II Hari 7:1,16,18
      5. Omer (BDB 771 II, posibleng “isang tali” [isang hilera ng mga bumagsak na mga butil], BDB 771 I), e.g., Exodo 16:16,22,36; Levitico 23:10-15
      6. 'Issaron (BDB 798, “1/10 na bahagi” ng ephah), e.g., Exodo 29:40; Levitico 14:21; Bilang 15:4; 28:5,13
      7. Qav (or Kab, BDB 866), cf. II Hari 6:25
   B. Tunaw na Panukat
      1. Kor (BDB 499), e.g., Ezekiel 45:14 (maaring tuyong pagsukat, cf. II Cronika 2:10; 27:5)
      2. Bath (BDB 144 II), e.g., I Hari 7:26,38; II Cronika 2:10; 4:5; Isaias 5:10; Ezekiel 45:10-11,14
      3. Hin (BDB 228), e.g., Exodo 29:40; Levitico 19:36; Ezekiel 45:24

4. Log (BDB 528), cf. Levitico 14:10,12,15,21,24

C. Tsart (kinuha mula sa Roland deVaux, *Ancient Israel*, vol. 1, p. 201 at *Encyclopedia Judaica*, vol. 16, p. 379)

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| homer (tuyo) = kor (tunaw o tuyo) | 1 | | | | | | |
| ephah (tuyo) = bath (tunaw) | 10 | 1 | | | | | |
| se'ah (tuyo) | 30 | 3 | 1 | | | | |
| hin (tunaw) | 60 | 6 | 2 | 1 | | | |
| omer/issaron (tuyo) | 100 | 10 | - | - | 1 | | |
| qav/kab (tuyo) | 180 | 18 | 6 | 3 | - | 1 | |
| log (tunaw) | 720 | 72 | 24 | 12 | - | 4 | 1 |

II. Salitang Bigat na ginamit na madalas

A. Ang tatlong pinakakaraniwan na timbang ay ang talent, ang shekel,at ang gerah.

1. Ang pinakamalaking timbang sa OT ay ang talent. Mula sa Exodo 38:25-26 nalaman natin na ang isang talent ay katumbas ng 3,000 shekels (i.e., "bilog na timbang," BDB 503).
2. Ang Salitang shekel (BDB 1053, "bigat") ay ginamit ng madalas na ito ay ipinalagay, ngunit hindi binanggit sa teksto. May ilang halaga ng shekel na binanggit sa OT.
   a. "komersyong pamantayan" (NASB ng Genesis 23:16)
   b. "ang shekel ng santuwaryo " (NASB ng Exodo 30:13)
   c. "sa timbang nga hari" (NASB ng II Samuel 14:26), tinawag din na "maharlikang timbang"sa Elephantine papyri.
3. Ang gerah (BDB 176 II) ay may halagan 20 sa bawat shekel (cf. Exodo 30:13; Levitico 27:25; Bilang 3:47; 18:16; Ezekiel45:12). Ang katumbasan ay nagiiba mula sa Mesopotamia hanggan sa Eghipto. Ang Israel ay sinundad ang paghuhusga na pinakakaraniwan sa Canaanan (Ugarit)
4. Ang mina (BDB 584) ay may halagang alin man sa 50 o 60 shekels. Ang Salitang ito ay madalas na maatatagpuan sa huling OT na mga aklat (i.e., Ezekiel 45:12; Ezra 2:69; Nehemiah 7:71-72). Si Ezekiel ay gumamit ng 60 sa 1 na proporsyon, habang sa Canaanan ay gumamit ng 50 sa 1 na proporsyon
5. Ang beka (BDB 132, "kalahati ng shekel," cf. Genesis 24:22) ay ginamit lamang ng dalawang beses sa OT (cf. Genesis 24:22; Exodo 38:26) at may halagang kalahati ng shekel. Ang pangalan nito ay nangangahulugang "hatiin."

B. Tsart

1. Batay sa Pentateuch

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| talent | 1 | | | |
| mina | 60 | 1 | | |
| shekel | 3,000 | 50 | 1 | |
| beka | 6,000 | 100 | 2 | 1 |
| gerah, | 60,000 | 1,000 | 20 | 10 |

2. Batay sa Ezekiel

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| talent | 1 | | | | |
| mina | 60 | 1 | | | |
| shekel | 3,600 | 60 | 1 | | |
| beka | 7,200 | 120 | 2 | 1 | |
| gerah | 72,000 | 1,200 | 20 | 10 | 1 |

**2:8**
**NASB "ang punong-tagapamahala"**
**NKJV "ang pinuno ng kapistahan"**
**NRSV "ang puno ng tagapangasiwa"**
**TEV "ang lalaking nakatalaga sa kapistahan"**
**NJB "ang pangulo ng kapistahan"**

Ang taong ito ay maaaring maging alinman sa (1) isang kagalang-galang na panauhin na siyang nakatalaga sa kasiyahan o (2) isang alipin nakatalaga para sa mga panauhin.

**2:10** Ang punto ay, madalas ang magandang alak ang unang inihahain. Matapos na maapektuhan ng alak ang mga bisita, ang mahinang klase ng alak ang inihahain. Ngunit ang pinakahuli ay ang pinakamaganda! Ito marahail ay kumokontra sa pagitan

ng lumang tipan (lumang alak) sa Judaismo at ang bagong tipan ( bagong alak) kay Hesus (cf. ang aklat ng Hebreo). Ang paglilinis ni Hesus ng Templo (cf. 2:13-25, wari inilagay sa hindi ayon sa pagkakasunod-sunod ni Juan para sa teolohikong na layunin) maaring nagsisimbulo ng ganitong katotohanan.

**2:11 "Ang pasimulang ito ng kaniyang mga tanda"** Ang Ebanghelyo ni Juan ay binuo sa umiikot sa pitong mga tanda at ang kanilang mga interpretasyon. Ito ang una. Tignan Natatanging Paksa: *Archē* sa 1:1.

▣ **"at inihayag ang kaniyang kaluwalhatian; at nagsisampalataya sa kaniya ang kaniyang mga alagad"** Ang pagpapahayag (tignan puna ng PANDIWA sa 1:31) ng kaluwalahatian ni Hesus (tignan Natatanging Paksa sa 1:14) ay ang layunin ng mga himala. Ang himalang ito, gaya ng marami pang iba, ay waring itinuturo ng pangunahin sa Kanyang mga disipulo! Hindi ito tumutukoy sa kanilang panimulang aksyon ng pananamanpalataya, ngunit sa kanilang patuloy na pagkakaunawa sa Kanyang persona at Gawain. Ang tanda ay nagpapahayag ng totoo person ni Hesus at gawain ng Mesias. Hindi tiyak kung ang mga panauhin ay kailanman nalaman kung anu ang nangyari.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:12

**[12]Pagkatapos nito ay lumusong siya sa Capernaum, siya, at ang kaniyang ina, at ang kaniyang mga kapatid, at ang kaniyang mga alagad; at sila'y nangatira roong hindi maraming araw.**

**2:12 "Capernaum"** Pagkatapos ng hindi paniniwala ng Nazaret (cf. Lucas 4:16-30) ito ay naging punong himpilan ni Hesus sa Galilee (cf. Mateo 4:13; Marcos 1:21; 2:1; Lucas 4:23,31; Juan 2:12; 4:46-47).

▣ Ito ay kakaibang pagsulyap sa ministeryo ni Hesus patungkol sa Kanyang pamilya, kaugnay sa himalang ito sa Canaanan.

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 2:13-25

A. Mayroon matinding talakayan sa mga iskolar ng NT sa kung ilang beses nilinis ni Hesus ang Templo. Si Juan ay nagtala ng ilang mga paglilinis sa halos maagang ministery ni Hesus, samantalang ang mga Sinoptikong Ebanghelyo (Mateo 21:12; Marcos 11:15 at Lucas 19:45) ay naglalarawan ng paglilinis sa huling linggo sa buhay ni Hesus. Batay sa pagkakaiba ng dalawang salaysay, mayroon marahail dalawang paglilinis sa Templo, hindi lang isa.

Gayunman, tiyak na possible na binalangkas ni Juan ang aksyon ni Hesus para sa teolohikong na layunin (i.e., Pinanindigan ni Juan ang buong PagkaDiyos ni Hesus mula pa sa kabanata 1). Ang bawat isa sa mga manunulat ng EBanghelyo ay mayroong kalayaan sa ilalim ng inspirasyon na pumili, iangkop, iayos, at ibuod ang mga gawain at katuruan ni Hesus. Hindi ako naniniwala na mayrooan silang kalayaan na ilagay sa bibig no Hesus o gumawa ng mga pangyayari. Dapat tandaan na ang mga Ebanghelyo ay hindi modernong mga talambuha, ngunit isang pulyeto sa pagbabahagi ng Ebanghelyo sa ilang mga piling mga mambabasa. Ang Ebanghelyo ay hindi sunod-sunod , o nagtatala ng mismong mga salita ni Hesus( ngunit mga buod). Hindi ito nangangahulugan na ang mga ito ay hindi wasto. Ang Silanganing literatura ay batay sa pagkakaiba ng inaasagang kultural kaysa Kanluraning literatura. Tignan Gordon Fee at Douglas Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*, pp. 127-148.

B. Ang paglilinis sa Templo ay sukat kay Juan para sa kabuuang teolohikong na layunin ni Hesus na nakikitungo ng una sa bayan ng mga Hudyo. Makikita ito sa usapan kasama si Nicodemo sa kabanat 3 (orthodox Judaismo). Gayunman, sa kabanata His Hesus ay ang simulang pakitunguhan ay mas malaking mga pangkat(maging ang ereheng pangkat sa sekta ng Judaismo), simula sa babaeng Samaratina.

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:13-22

**[13]At malapit na ang paskua ng mga Hudyo, at umahon si Hesus sa Herusalem. [14]At nasumpungan niya sa templo yaong nangagbibili ng mga baka at mga tupa at mga kalapati, at ang mga mamamalit ng salapi na nangakaupo: [15]At ginawa niyang isang panghampas ang mga lubid, itinaboy niyang lahat sa templo, ang mga tupa at gayon din ang mga baka; at ibinubo niya ang salapi ng mga mamamalit, at ginulo ang kanilang mga dulang; [16]At sa nangagbibili ng mga kalapati ay sinabi niya, Alisin ninyo rito ang mga bagay na ito; huwag ninyong gawin ang bahay ng aking Ama na bahay-kalakal [17]Napagalaala ng kaniyang mga alagad na nasusulat, Kakanin ako ng sikap sa iyong bahay. [18]Ang mga Hudyo**

**nga'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, " Anong tanda ang maipakikita mo sa amin, yamang ginawa mo ang mga bagay na ito?" 19 Sumagot si Hesus at sa kanila'y sinabi, "Igiba ninyo ang templong ito, at aking itatayo sa tatlong araw." 20 Sinabi nga ng mga Hudyo, "Apat na pu't anim na taon ang pagtatayo ng templong ito, at itatayo sa tatlong araw?" 21 Datapuwa't sinasalita niya ang tungkol sa templo ng kaniyang katawan. 22 Nang magbangon na maguli nga siya sa mga patay, ay naalaala ng kaniyang mga alagad na sinalita niya ito; at nagsisampalataya sila sa kasulatan, at sa salitang sinabi ni Hesus.**

**2:13 "Ang Paskwa"** Ang taunang kapistahang ito ay inilarawan sa Exodo 12 at Deuteronomio 16:1-6. Ang pistang ito ay ang natatanging petsa meron tayo sa ministeryo ni Hesus. Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo nagpapahiwatig na si Hesus ay nagmiministeryo ng isang taon (i.e., isang Paskwa ang nabanggit). Ngunit si Juan ay nagbanggit ng tatlong mga Paskwa: (1) 2:13,23; (2) 6:4 at (3) 11:55; 12:1; 13:1; 18:28,39; 19:14. Walang posibilidad sa ikaapat na Paskwa sa 5:1. Hindi natin alam kung gaano katagal nanatili ang aktibong pampublikong ministeryo ni Hesus, ngunit ang Ebanghelyo ni Juan ay nagmumungkahi na ito ay umabot ng hindi baba sa tatlong taon at posibleng apat o maging lima pa.

Binalangkas ni Juan ang kanyang Ebanghelyo sa kapistahan ng mga Hudyo (Passover, mga Tabernakulo, and Hanukkah, tingnan ang Richard N. Longenecker, *Biblical Exegesis in the Apostolic Period*, $2^{nd}$ ed., pp. 135-139).

## NATATANGING PAKSA: ANG PASKWA

I. Pambungad na Pananalita
   A. Ang banal na gawa ng paghuhukom sa mga taga Ehipto at ang pagpapalaya sa Israel ay ang pagsaubok sa pagmamahal ni YHWH's love at ang pagtataguyod sa Israel bilang isang bansa (i.e., lalo na para sa mga Propeta)
   B. Ang exodo o pag-aalisanay isang particular na kaganapan sa pangako ni YHWH kay Abraham sa Genesis 15:12-21. Ang Paskwa ay umaalala sa exodo.
   C. Ito ang huli at pinakamalaganap (heograpikal, i.e, Ehipto at Goshen) at nakaluluray (unang anak ng tao at hayop ay pinatay) ng sampung salot na ipinadala ni YHWH sa Ehipto sa pamamagaitan ni Moises.

II. Ang Salita Mismo (BDB 820, KB 947)
   A. Kahulugan ng PANGALAN ay di-tiyak
      1. Konektado sa "salot," sa gayon "humampas ng isang suntok" (i.e., Exodo 11:1); ang anghel ni YHWH's ay pumalo sa mga panganay ng tao at mga baka
   B. Kahulugan ng PANDIWA
      1. "pumilay " or "umika-ika" (cf. II Samuel 4:4), ginamit sa kahulugan ng "lundagan ang Markadong tahanan" (i.e., Exodo
      2. "sumayaw" (cf. I Hari 18:21)
      3. Akkadian - "palubagin"
      4. Egyptian - "paluin" (tingnan ang A. 1.)
      5. Magkatulad na mga PANDIWA sa Isaias 31:5, "pumwesto ng pagbabantay sa ibabaw ng " (cf. REB ng Exodo
      6. Ang sinaunang Kristyanong popular na ingay ay naglalaro sa pagitan ng Hebrew *pasah* sa Greek *paschō*, "magdusa"
   C. Posibleng makasaysayang pagkakasunod
      1. sakripisyo ng mga pastol para sa bagong taon
      2. Sakripisyo ng Bedouin at taimtimang kainan sa panahon ng paggagalaw ng mga tolda patungo sa tagsibol na pastulan upang itaboy ang masasama.
      3. sakripisyo upang itaboy ang masasama mula sa lagalag na mga tao
   D. Ang mga dahilan ay lubhang mahirap hindi lamang sa di sigurado sa mismong kahulugan ng salita, ngunit maging mismo sa pinanggalingan nito dahil sa maraming mga katangian ng Paskwa ay matatagpuan din sa ibang mga sinaunang mga ritwal.
      1. petsa ng tagsibol
      2. etimolohiya ng PANGALAN ay di-tiyak
      3. konektado sa pagmamatyag sa gabi
      4. paggamit ng dugo
      5. imahe ng mga anghel/demonyo
      6. espesyal na pagkain
      7. agrikultural na elemento (di-pinaalsang tinapay)
      8. walang saserdote , walang altar, lokal na pokus

III. Ang Pangyayari

A. Ang pangyayari mismo ay naitala sa Exodo 11-12.

B. Ang taunang kapistahan ay inilarawan sa Exodo 12 at isinama sa walong araw na kasiyahan sa Pista ng Di-pinalsang Tinapay at.

1. orihinal nito ay ito ay lokal na pangyayari, cf. Exodo 12:21-23; Deuteronomio 16:5 (cf. Bilang 9)

a. walang saserdote

b. walang espesyal na altar

c. natatanging paggamit ng dugo

2. ito ay naging pangyayari sa sentrong dambana

3. ang kombinbasyong ito ng lokal na sakripisyo (i.e., dugo ng tupa para alalahanin ang paglagpas ng anghel ng kamatayan) at ang kapistahang pag-ani sa sentrong santwaryo ay naganap sa pamamagitan ng malapit na pagitan ng mga petsa *Abib* o *Nisan* 14 at 15-21

C. Ang simbolikong pagmamay-ari ng lahat ng panganay ng mga tao at baka at ang kanilang pagtutubos ay inilarawan sa Exodo 13

IV. Makakasaysayang Pagtatala at ang Pagdiriwang Nito

A. Ang unang Paskwa na ipinagdiwang sa Ehipto, Exodo 12

B. Sa Mt. Horeb/Sinai, Bilang 9

C. Ang unang Paskwa na pinagdiawang sa Canaanan (Gilgal), Joshua 5:10-12

D. Sa panahon ng paghahandog ni Solomon sa Templo, I Hari 9:25 at II Cronika 8:12 (marahil, ngunit di tahasang binanggit)

E. ang isa sa panahon ng pamamahala ni Hezekiah, II Cronika 30

F. ang isa sa panahon ng reporma ni Josiah, II Hari 23:21-23; II Cronika 35:1-18

G. Pansinin II Hari 23:22 at II Cronika 35:18 binanggit ang pagkaligta ng Israel na tupdin ang taunang kapistahan

V. Ang Kabuluhan

A. Isa ito sa tatlong kailangang mga araw ng kapistahan (cf. Exodo 23:14-17; 34:22-24; Deuteronomio 16:16):

1. Paskwa/Di-pinaalsang Tinapay

2. Kapistahan ng mga Linggo

3. Kapistahan ng mga Kobol

B. Si Moises ay nagpaunang anino sa pagdating ng araw na ito ay ipagdiriwang sa sentro ng santwaryo (sa gaya ng ibang dalawang mga kapistahan) sa Deuteronomy.

C. Si Hesus ay ginamit ang okasyon ng taunang Paskwa sa kainan (o ang araw bago nito) para ipahayag ang Bagong Tipan sa simbolo ng tinapay at alak, ngunit hindi gumamit ng tupa:

1. taimitimang kainan

2. sakripisyong pagtutubos

3. at patuloy na kabuluhan sa mga sumunod na mga henerasyon

▣ **"at umahon si Hesus sa Herusalem"** Ang mga Hudyo ay laging nagsasalita sa Herusalem sa ganitong teolohikong na kahulugan, higit pa sa heograpikal o topograpikal na kahulugan.

**2:14 "sa templo"** Ang templo ng Dakilang Herodes (isang Idumeano na nanunungkulang sa Palestina mula 37-4 B.C.) ay nahati sa pitong magkaka-ibang mga korte. Ang panlabas na korte ay ang Korte ng mga Hentil, na kung saan ang mga mangangalakal ay nagtayo ng kanilang mga tindahan upang patuluyin yaong sinuman na nais mag-alay ng mga sakripisyo at magdala ng mga espesyal na mga alay.

▣ **"ng mga baka at mga tupa at mga kalapati"** Ang mga taong naglakbay galling sa malalayong lugar ay kailangang bumili ng katanggap-tangap na mga hayop para sa sakripisyo. Gayunman, ang pamilya ng punong saserdote ang nagkokontrol sa mga tindahan na ito at nagtatakda ng napakataaas na mga presyo ng mga hayop. Nalalaman din natin na kung sakali na magdala ng sariling mga hayop ang mga tao, ang mga saserdote ay magsasabi na di karapat-dapat ang mga ito dahil sa ilang mga pisikal na depekto. Sa gayong dahilan, kailangan nilang bumili ng kanilang mga alay na hayop sa mga mangangalakal na ito

▣ **"ang namamalit ng salapi"** Mayroong dalawang paliwanag sa pangangailangan ng mga taong ito: (1) ang tanging halaga ng barya na tinatanggap sa templo ay ang shekel. Dahil sa ang Hudyong shekel ay matagal ng nawala bilang barya, ang

templo sa panahon ni Hesus ay tumatanggap lamang ng shekel na galing sa Tyre o (2) walang barya na naglalaman ng imahe ng Emperyo ng Roma ang pinahihintulutan. Mayroon syempreng bayad!

**2:15 "ginawa niyang isang panghampas ang mga lubid, itinaboy niyang lahat sa templo"** Ang galit ni Hesus ay malinaw na makikita sa talang ito. Ang lugar kung saan si YHWH ay maaring makilala ay hindi na lugar ng pagsamba at kapahayagan! Ang galit mismo ay hindi kasalanan! Ang sinabi ni Paul sa Eph. 4:26 ay posibleng may kinalaman sa pangyayaring ito. Mayroong ilang mga bagay na nakakapagpagalit sa atin.

**2:16 "Alisin ninyo rito ang mga bagay na ito"** Ito ay mariing pananalita AORIST AKTIBONG PAUTOS, "Alisin ninyo rito ang mga bagay na ito!"

▣ **"'huwag ninyong gawin ang bahay ng aking Ama na bahay-kalakal'"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may with a NEGATIBONG KATAGA na nangangahulugang pahintuin ang isang gawaing kasalukuyang nangyayari. Ang ibang mga Ebanghelyo (i.e., Mateo 21:13; Marcos 11:17; Lucas 19:46) binangit sa Isaias 56:7 at Jeremias 7:11 sa ganitong punto, gayunman, sa Juan ang OT na propesiya na tio ay hindi binanggit. Ito marahil ay posibleng pantukoy sa propesiyang Mesias ng Zacarias 14:21.

**2:17 "Napagalaala ng kaniyang mga alagad"** Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na maging ayon sa ministeryo ni Hesus at sa tulong ng Espiritu, ang mga tao na ito ay sa bandang huli lamang nila nakita ang espirtwal na katotohanan sa mga ginawa ni Hesus. (cf. v. 22; 12:16; 14:26).

▣ **"na nasusulat** Ito ay isang BALINTIYAK NA GANAP NA PAIKOT-IKOT NA SALITA na ang literal na kahulugan ay "nananitili itong nakasulat." Ito ay katangi-tanging paraan upang tanggapin ang inspirasyon ng OT (cf. 6:31,45; 10:34; 12:14; 20:30). Ito ang pagbanggitmula sa Awit 69:9 sa LXX. Ang Psalm na ito, gaya ng sa Psalm 22, ay naayon sa pagpako ni Hesus. Ang kasigasigan ni Hesus ara sa Diyos ang Kanyang tunay na pagsamaba ang magdadala sa Kanya sa kamatayan, na siya namang jagustuhan ng Diyos (cf. Isaias 53:4,10; Lucas 22:22; Gawa 2:23; 3:18; 4:28).

**2:18**
**NASB "Anong tanda ang maipapakita mo sa amin bilang iyong awtoridad sa paggawa ng mga bagay na ito"**
**NKJV "Anong tanda ang maipakikita mo sa amin, yamang ginawa mo ang mga bagay na ito"**
**NRSV "Anong tanda ang maipapakita mo sa amin sa paggawa nito"**
**TEV "Anong himala ang magagawa mo para maipakita mo na may karapatan ka na gawin ito"**
**NJB "Anong tanda ang maipapakita mo at kumikilos ka ng ganito"**

Ito ang pinakapangunahing tanong ng mga Hudyo tungkol kay Hesus. Ang mga Fariseo ay nagsasabi na ang Kanyang kapangyarihan ay nagmumula sa demonyo (cf. 8:48-49,52; 10:20). Sila ay umaasa na ang Mesias ay gagawa ng mga bagay ayon sa ilang mga kaparaanan. Nang hindi Niya ginawa ang mga bagay na ito, nagsimula silang nag-isip tungkol sa Kanya (cf. Marcos 11:28; Lucas 20:2),gaya ng ginawa nila kay Juan Bautista.

**2:19 "'Igiba ninyo ang templong ito, at aking itatayo sa tatlong araw"** Ang Griyegong salita para sa Templo ay (*hieron*) sa vv. 14 at 15 tumtukoy sa lugar ng Templo,habang ang Salitang (*naos*) sa vv. 19,20, at 21 ay tumutukoy sa panloob na santwaryo mismo. Mayroong matinding talakayan patungkol sa pahayag na ito. Walang alinlangan na sa Mateo 26:60ff; Marcos 14:57-59; Gawa 6:14 ito ay may kinalaman sa pagpapako at muling pagkabuhay ni Hesus. Gayunman, sa kontekstong ito, dapat itong iayon sa anumang paraan satemplo mismo, na sinira noong A.D. 70 ni Tito (cf. Mateo 24:1-2). Ang dalawang pahayag na ito ay may kinalaman sa katotohanan na si Hesus ay naghahanda ng bagong espiritwal na pagsamaba na nakatuon sa Kanya at hindi sa sinaunang Judaismo (cf. 4:21-24). Muli, si Juan ay gumamit ng salita na may dalawang pakahulugan!

**2:20 "Apat na pu't anim na taon ang pagtatayo ng templong ito"** Si Herodes na Dakila ay pinalawak at muling isinaayos ang ikalawang templo (mula sa panahon ni Zerubbabal, cf. Haggai) upang tangkain na suyuin ang mga Hudyo sa kanyang pagiging Idumaean. Si Josephus ay nagsabi sa atin na ito ay nagsimula noong 20 o 19 B.C. Kung ito ay totoo, nangangahulugan na ang partikular na insidente ay nangyari sa taong 27-28 A.D. Alam din natin na ang paggawa sa templo ay nagpatuloy hanggang sa 64 A.D. Ang templong ito ang siyang naging pag-asa ng mga Hudyo (cf. Jeremias 7). Ito ay papalitan ni Hesus ng Kanyang sarili, ang bagong Templo. Sa 1:14, Kinitaan Siya bilang isang Tabernakulo at ngayon ay ang Templo! Anung kagulat-gulat na metaporika para sa isang karpintero mula sa Nazaret! Ang Diyos at ang sangkatauhan ay nagkita at nagsama kay Hesus!

**2:21 "Datapuwa't sinasalita niya ang tungkol sa templo ng kaniyang katawan"** Sa oras na sinabi ni Hesus ang mga katagang hindi nila ito naunawaan (cf. v. 17). Tandaan na si Juan ay nagsulat nito pagkatapos ng isang dekada.

Alam ni Hesus kung bakit Siya naparito. Mayroon marahil na hindi bababa sa tatlong mga layunine.

1. upang ipahayag ang Diyos

2. upang maging modelo ng isang totoong tao
3. upang ibigay ang Kanyang buhay bilang katubusan sa nakararami

Itong huling layunin nakalaan ang talatang ipinahayag (cf. Marcos 10:45; Juan 12:23,27; 13:1-3; 17:1).

**2:22 "ay naalaala ng Kaniyang mga alagad na sinalita Niya ito "** Madalas, ang salita at gawa ni Hesus ay para sa ikabubuti ng Kanyang mga alagad higit pa sa kung sino ang pinagbibigyan nito. Hindi nila naunawaan ang mga ito sa mga oras na yaon.

▣ **"nagsisampalataya sila sa kasulatan"** Bagamat ang teksto mismo ay hindi nagsasabi kung anung Kasulatan, posible na ang Awit 16:10 ay teksto ng muling pagkabuhay ay siyang ipinararating ni Hesus (cf. Gawa 2:25-32; 13:33-35). Ang kaparehong teksto na ito (o ang teolohikong konsepto – muling pagkabuhay) ang siyang binanggit sa Juan 20:9.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:23-25

**[23] Nang siya nga'y nasa Herusalem nang paskua, sa loob ng panahon ng kapistahan, ay marami ang mga nagsisampalataya sa kaniyang pangalan, pagkakita ng kaniyang mga tandang ginawa. [24] Datapuwa't si Hesus sa kaniyang sarili ay hindi rin nagkatiwala sa kanila, sapagka't nakikilala niya ang lahat ng mga tao, [25] Sapagka't hindi niya kinakailangan na ang sinoman ay magpatotoo tungkol sa tao; sapagka't nalalaman nga niya ang isinasaloob ng tao.**

**2:23 "marami ang mga nagsisampalataya sa kaniyang pangalan"** Ang Salitang "nagsisampalataya" ay mula sa Griyegong Salita (*pisteō*) na maari ding isalin sa "maniwala," "manampalataya," o "magtiwala." Ang PANGALAN lumitaw sa Ebanghelyo ni Juan ngunit ang PANDIWA ay madalas na ginamit. Sa ganitong konteksto walang kasiguraduhan sa katapatan ng maraming tao sa kanilang pangako kay Hesus bilang isang Mesias. Ang ibang halimbawa ng ganitong mapangimbabaw na paggamit ng Salitang "nagsisampalataya" ay sa Juan 8:31-59 and Gawa 8:13, 18-24. Ang tunay na biblikal na pananampalataya ay higit pa sa paunang pagtugon. Ito ay dapat na sundan ng proseso ng pagdidisipulo (cf. Mateo 13:20-22,31-32).

Malinaw na itong mapangimbabaw na mga mananampalataya ay nahimok kay Hesus sa pamamagitan ng Kanyang mga himala (cf. 2:11; 7:31). Ang kanilang mga layunin ay tanggapin ang persona at mga gawa ni Hesus. Gayunman, dapat bigyan pansin na ang pananampalataya sa makapangyarihang mga gawa ni Hesus ay hindi sapat sa pananampalatayang nagpapatuloy (cf. 4:38; 20:29). Ang pinagtutuunan ng pananampalatay ay dapat na si Hesus, Siya mismo. Ang mga himala ay hindi agad na patunay na sa Diyos (cf. Mateo 24:24; Pahayag13:13; 16:14; 19:20). Ang mga gawa ni Hesus ay para madala ang mga tao sa patungo sa Kanya (cf. 2:23; 6:14; 7:31; 10:42); madalas nakikita ng mga tao ang mga tanda ngunit hindi parin sila naniniwala (cf. 6:27; 11:47; 12:37).

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGGAMIT NI JUAN SA PANDIWA NG "MANAMPALATAYA" (ang PANGNGALAN ay bihira)

Si Juan ay pangunahing sinasamahan ang "manampalataya " ng isang PANG-UKOL

1. *eis* ay nangangahulugang "sa" Ang kakaibang pagbuo nito ay nagdidiin sa mananampalataya na ilagak ang kanilang pagtitiwala/pananampalataya kay Hesus
   a. sa Kanyang Pangalan (Juan 1:12; 2:23; 3:18; I Juan 5:13)
   b. sa Kanya (Juan 2:11; 3:15,18; 4:39; 6:40; 7:5,31,39,48; 8:30; 9:36; 10:42; 11:45,48; 12:37,42)
   c. sa Akin (Juan 6:35; 7:38; 11:25,26; 12:44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20)
   d. sa Isa na Kanyang isinugo (Juan 6:28-29)
   e. sa Anak (Juan 3:36; 9:35; I Juan 5:10)
   f. kay Hesus (Juan 12:11)
   g. sa Liwanag (Juan 12:36)
   h. sa Diyos (Juan 12:44; 14:1)
2. *ev* nangangahulugang "kay" gaya ng sa Juan 3:15 (Marcos 1:15)
3. ang DATIVE CASE walang PANG-UKOL (Juan 4:50; I Juan 3:23; 5:10)
4. *hoti,* na ibig sabihin ay "paniwalaan na ," nagbibigay laman sa kung anu ang paniniwalaan. Ilang mga halimbawa ay ang mga
   a. Si Hesus ay ang Kaisa-isang Banal ng Diyos (6:69)
   b. Si Hesus ang Ako ang (8:24)
   c. Si Hesus ay sumasaDiyos ang Diyos ay sumasaKanya (10:38)

d. Si Hesus ang Kristo (11:27; 20:31)
e. Si Hesus ang Anak ng Diyos (11:27; 20:31)
f. Si Hesus ay isinugo ng Ama (11:42; 17:8,21)
g. Si Hesus ay kaisa ng Ama (14:10-11)
h. Si Hesus ay nagmula sa Ama (16:27,30)
i. Si Hesus ay kinilala ang Kanyang sarili na tipanang pangalan ng Ama bilang, "Ako ang" (8:24; 13:19)

Ang Biblikal na pananampalataya ay parehong sa persona at sa mensahe! Pinatutunayan ito ng pagsunod, pag-ibig at pagpapatuloy.

**2:24-25** Ito ay isang pangungusap sa Griyego. Ang mahalagang Salitang "ilagak" (lit. DI-GANAP NA AKTIBO NA MAY PAHIWATIG ng "maniwala" ipinagkaila) ay ginamit sa kontekstong ito upang ilarawan ang mga gawa at saloobin ni Hesus. Nangangahulugan nito ng higit pa sa paunang pagsangayon o emosyonal na pagtugon. Ang pangungusap ay nagpapahayg din ng kaalaman ni Hesus sa pabagu-bago at kasamaan ng puso ng tao (nagpapakita ng kaalaman ng Diyos, cf. Genesis 6:11-12,13; Awit 14:1-3). Ang talata ay inilarawan ni Nicodemo sa kabanata 3. Maging si "Ginoong Relihoyoso" ay hindi nagawa sa pamamagitan ng kanyang sariling pagsusumikap, kaalaman, katayuan, o maging lahi ay na maging katanggap-tanggap sa Diyos. Ang katuwiran ay nagmumula lamang sa mananampalataya/pagtitiwala kay Hesus (cf. Roma 1:16-17; 4).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ginawa ni Hesus na gawin alak ang tubig? Anu ang sinasagisag nito?
2. Ilarawan ang kinagisnang kaugaliang kasalan sa panahon ni Hesus?
3. Kaya mo bang iguhit ang palapag na plano ng templo ni Herodes? Kaya mo bang ipakita ang posibleng lokasyon ng mga mamimili at mangangalakal?
4. Ang mga Sinoptiko ay hindi nagtala ng unang paglilinis sa templo?
5. Nahulaan ba ni Hesus ang pagkawasak ng templo ni Herodes?
6. Bigyan kahulugan at ipaliwanag ang Griyegong salita na isinalin sa salitang "magtiwala," "maniwala" at "manampalataya."

# JUAN 3

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus at si Nicodemo | Ang Bagong Kapanganakan | Si Hesus at ang Pinuno ng Judaismo | Si Hesus at si Nicodemo | Ang Usapan Kasama si Nicodemo |
| 3:1-15 | 3:1-21 | 3:1-10 | 3:1-2 | 3:1-8 |
| | | | 3:3 | |
| | | | 3:4 | |
| | | | 3:5-8 | |
| | | | 3:9 | 3:9-21 |
| | | | 3:10-13 | |
| | | 3:11-15 | | |
| | | | 3:14-17 | |
| 3:16-21 | | 3:16 | | |
| | | 3:17-21 | | |
| | | | 3:18-21 | |
| Si Hesus at si Juan Bautista | Si Juan Bautista Dinakila si Kristo | Karagdagang Patotoo ni Juan | Si Hesus at si Juan | Si Juan Nagdala ng Patotoo sa Unang Pagkakataon |
| 3:22-30 | 3:22-36 | 3:22-24 | 3:22-24 | 3:22-24 |
| | | 3:25-30 | 3:25-26 | 3:25-36 |
| | | | 3:27-30 | |
| Siya na Nagmula sa Langit | | | Siya na Nagmula sa Langit | |
| 3:31-36 | | 3:31-36 | 3:31-36 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 3:1-3

**1 May isang lalake nga sa mga Fariseo, na nagngangalang Nicodemo, isang pinuno ng mga Hudyo; 2 Ito rin ay naparoon sa kaniya nang gabi, at sa kaniya'y nagsabi, “Rabi, nalalaman naming ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Diyos; sapagka't walang makagagawa ng mga tanda na iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kaniya ang Diyos."**
**3 Sumagot si Hesus at sa kaniya'y sinabi, “Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Diyos"**

**3:1 “Fariseo”** Ang mga ugat nitong politikal/relihoyosong partido ay nagmula pa sa panahon ng Maccabean . Ang kanilang pangalan ay posibleng nangangahulugang “ang mga hiniwalay.” Sila ay mga sinsero at tapat sa pagtupad ng mga batas ng Diyos na inilarawan at ipinaliwanag sa winikang tradisyon (Talmud). Kagaya ngayon ang ilan sa kanila ay tunay na kabilang sa mga tao ng tipanan (Nicodemo, Joseph of Arimathea), ngunit ang ilan ay mga pansariling matuwid, legalistic, mapanghusga, “ waring” mga kasama sa mga tao ng tipanan (cf. Isaias 6:9-10; 29:13). Ang puso ang susi! Ang “bagong tipanan” (Jeremias 31:31-34) ay nakatuon sa panloob na motibasyon (i.e., bagong puso, bagong isip, batas na nakasulat sa puso). Ang pantaong pagsasakatuparan ay nagpakita na hindi ito sapat, at kalian man ay laging hindi sapat. Ang pagtutuli ng puso sa Deuteromonio 10:16; 30:6 ay isang paghahalintulad sa personal na pagtitiwala/pananampalataya na nagbibigay ng usapin sa pagsunod at ang buhay ng utang na loob sa Diyos!

Ang relihiyosong konserbatibo at/o liberalismo ay maaring maging pangit. Ang teolohiya ay dapat lumabas mula sa pag-ibig at pananampalataya. Tignan Natatanging Paksa: Fariseo sa 1:24.

▣ **“Nicodemo”** Ito ay nakakabigla para sa isang hudyo sa Palestina na magkaroon ng isang Griyegong pangalan (gaya ng kay Felipe at Andres, cf. 1:40,43), na nangangahulugang “manlulupig ng mga tao” (cf. 7:50;19:39).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **“isang pinuno ng mga Hudyo”** |
| **NRSV, NJB** | **“isang lider ng mga Hudyo”** |
| **TEV** | **“a makaHudyo lider”** |

Sa konteksto, ito ay isang teknikal na talata para sa mga kasapi ng Sanhedrin (sa ibang mga konteksto ito ay maaring nangangahulugan ng isang lider sa isang lokal sa sinagoga), ang pitumput-pitong kasapi ng mataas na hukuman ng mga Hudyo sa Herusalem. Ang awtoridad nito ay tahimik na nalimitahan ng mga Romano, ngunit ito pa rin ay may simbolikong katuturan sa mga Hudyo. Tignan Natatanging Paksa sa ibaba. Maaring ito ay totoo na si Juan ay ginamit si Nicodemo bilang isang kinatawan sa mga ortodoks na Judaismo ng unang siglo. Yaong nag-aakala na narrating na nila ang antas ng espiritwalidad ay sinabihan muli silang magsimula. Pananampalataya kay Hesus, hindi ang pagmalasakit sa mga alituntunin (maging mga makadiyos na mga alituntunin, cf. Colosas 2:16-23), o ang lahing pinagmulan (cf. 8:31-59), ang tumutukoy sa pagkamamamayan ng isang tao sa kaharian. Ang kaloob ng Diyos kay Kristo, hindi sinseridad, agresibong pantaong relihiyon, ang pintuan patungo sa banal na pagtanggap. Ang pagkilala ni Nicodemo kay Hesus bilang isang guro na mula sa Diyos, bagama’t totoo, ay hindi sapat. Ang personal na pagtitiwala, eklusibong pagtitiwala, sukdulang pagtitiwala kay Hesus bilang isang Mesias ay tanging nag-iisang pag-asa ng makasalanang sanlibutan (cf. 1:12)!

### NATATANGING PAKSA: ANG SANHEDRIN

I. Mga Pinanggalingan ng Impormasyon
   A. Ang Bagong Tipan mismo
   B. Flavius Josephus’ *Antiquities of the Jews*
   C. Ang seksyon ng Mishnah saTalmud (i.e., Tractate “Sanhedrin”)

   Sa kasamaang palad ang NT at si Josephus ay hindi nagkasundo sa rabinikal na mga kasulatan, na tila nagpipilit ng dalawang Sanhedrins sa Herusalem, ang isa ay pangsaserdote (i.e., Sadducean), na kinokontrol ng Punong Saserdote at nakikitungo sa pangsibil at kriminal katarungan at ang ikalawa ay kontrolado ng mga Fariseo at eskriba, na umaalala sa relihiyon at tradisyunal na usapin. Gayunman ang mga rabinikal ng mga kasulatan, na may petsa ng mula sa A.D. 200 ay nagpapakita ng kultural na sitwasyon pagkatapos ng pagbagsak ng Herusalem sa mga Romanong heneral, Tito, noong A.D. 70. Ang mga Hudyo ay muling itinatag ang kanilang relihiyong pamumuhay sa bayan na tinawag na Jamnia at sa kalaunay (i.e., A.D. 118) inilipat sa Galilea.

II. Terminolohiya

   Ang suliranin sa pagkilala sa panghukumang kinatawan ay nagsasangkot ng ibang pangalan kung saan ito kilala. Mayroong ilang mga salita ang ginamit upang ilarawan ang panghukumang kinatawan na nasa komunidad ng mga Hudyo sa Herusalem.

A. *Gerousia* – "senado" o "konseho." Ito ang pinakamatandang salitaino na ginamit sa bandang huling panahon ng Persia (cf.Josephus' *Antiquities* 12.3.3 and *II Maccabees* 11:27). Ito ay ginamit ni Lucas sa Gawa 5:21 kasabay ng "Sanhedrin." Ito marahil ang paraan upang ipaliwanag ang salitang Griyego sa mga nagsasalitang mga mambabasa (cf. *I Macc*. 12:35).

B. *Synedrion* – "Sanhedrin." Ito ay tambalang mula sa syn (kasama ng) at hedra (upuan). Nakakabiglang ang salitang ito ay ginamit sa Aramaic, ngunit ito ay nagpapakita ng Griyegong salita. Sa pagatatapos ng panahon ng Maccabean ito ay naging tinanggap na salita upang ilagay ang mataas na hukuman ng mga Hudyo sa Herusalem (cf. Mateo 26:59; Marcos 15:1; Lucas 22:66; Juan11:47; Gawa 5:27). Ang suliranin ay dumating ngang kaparehong salitang ay ginamit sa lokal na panghukumang konseho sa labas (cf. Mateo 5:22; 10:17).

C. *Presbyterion* – "konseho ng mga nakatatanda" (cf. Lucas 22:66). Ito ay isang OT na pagatatalaga para sa pinuno ng mga tribu. Gaynman, ito ay naging pantukoy sa mataas na hukuman sa Herusalem (cf. Gawa 22:5).

D. *Boul*s – Ang salitang "konseho" ay ginamit ni Josephus (i.e., *Wars* 2.16.2; 5.4.2, ngunit hindi ang NT) upang ilarwan ang ilang panghukumang mga kinatawan: (1) ang Senado sa Roma; (2) mga lokal Romanong hukuman; (3) ang pangHudyong mataas na hukuman sa Herusalem; at (4) lokal na pangHudyo na mga hukuman. Si Joseph ng Arimathea ay inilarawan bilang isang kawani ng Sanhedrin ayon sa hubog ng salitang ito (i.e., *bouleutēs,* na ang ibig sabihin ay "councilor," cf. Marcos 15:43; Lucas 23:50).

III. Pangkasaysayang Pagbabago

Sinasabing si Ezra ang nagpasimula sa pagpapatayo ng Dakilang Sinagoga (cf. Targum on Song of Songs 6:1) noong panahon ng pagkatapos ng paglilisan , na siya marahil na naging Sanhedrin sa panahon ni Hesus.

A. Ang Mishnah (i.e., Talmud) ay nagtala na mayroong pangunahing hukuman sa Herusalem (cf. Sanh. 7:1).

1. Ang isa ay binubuo ng 70 (or 71) mga kasapi (*Sand.* 1:6 ay nagsabi din na si Moses ang nagpatayo ng unang Sanhedrin sa Bilang 11, cf. Bilang 11:16-25).
2. Ang isa ay binubuo ng 23 mga kasapi (ngunit ito ay maaring tumutukoy sa lokal na mga hukuman sa sinagoga).
3. Ang mga iskolar ng Hudyo ay naniniwala na mayroong tatlong 23-mga kasapi na Sanhedrins ang nasa Herusalem. Kapag ang tatlo ang nagsasama sila ay, kasama ng dalawang pinuno, nagbubuo ito ng " ang Dakilang Sinagoga" ng 71 mga kasapi (i.e., *Nasi* at *Av Bet Din).*
   a. ang isa ay pangsaserdote (i.e., Sadduceo)
   b. ang isa ay legal (i.e., Fariseo)
   c. ang isa ay aristokratiko (i.e.,nakatatanda)

B. Sa panahon ng pagkatapos ng paglisan, ang mga bumabalik na mga binhi ni David ay si Zerubbabel at ang mga bumabalik na binhi ni Aaronic ay s Joshua. Pagkatapos ng kamatayan ni Zerubbabel, walang binhi ni David ang nagpatuloy, kaya't ang panghukumang mantel ay naipasa ng ekslusibo sa mga saserdote (cf. I *Macc*. 12:6) at mga lokal na nakatatanda (cf. Nehemiah 2:16; 5:7).

C. Ang pangsaserdoteng bahagi sa panghukumang desisyon ay isinulat ni Diodorus 40:3:4-5 sa panahon ng Hellenistik.

D. Ang pangsaserdoteng bahagi sa gobyerno ay nagpatuloy sa panahon ng Selucid . Si Josephus ay sinipi si Antiochus "ang Dakila" III (223-187 B.C.) sa *Antiquities* 12.138-142.

E. Ang pangsaserdoteng kapangyarihang ito ay nagpatuloy sa panahon ng Maccabean ayon kay Josephus' Antiquities 13.10.5-6; 13.15.5.

F.. Sa panahon ng mga Romano ang gobernor ng Syria (i.e., Gabinius mula sa 57-55 B.C.) ay nagtatag ng limang pangrehiyong mga "Sanhedrins" (cf. Josephus' *Antiquities* 14.5.4; and *Wars* 1.8.5), ngunit sa kalaunay pinawalang bisa ito ng Roma (i.e., 47 B.C.).

G. Ang Sanhedrin ay may politkal na konprontasyon kay Herodes (i.e., *Antiquities* 14.9.3-5) na siyang, noong 37 B.C., ay nagpupumiglas at may pinakamaraming pinatay na mataas na hukuman (cf. Josephus' *Antiquities* 14.9.4; 15.1.2).

H. Sa ilalim ng Romanong prokurators (i.e., A.D. 6-66) Si Josephus ay nagkwento sa atin (cf. *Antiquities* 20.200,251) na ang Sanhedrin ay muling nagkamit ng malawal kapangyarihan at impluwensya (cf. Marcos 14:55). Mayroong tatlong paglilitis na naitala sa NT na kung saan ay ang Sanhedrin, sa ilalim ng pamumuno ng pamilya ng Punong Saserdote, ay nagsagawa ng pahuhukom.

1. Ang paglilitis ni Hesus (cf. Marcos 14:53-15:1; Juan18:12-23,28-32)
2. Si Pedro at si Juan (cf. Gawa 4:3-6)
3. Pablo (cf. Gawa 22:25-30)

I. Nang ang mga Hudyo ay nag-aklas noong A.D. 66, ang mga Romano ay dagliang sinira ang pamayanan ng mga Hudyo at Herusalem noong A.D. 70. Ang Sanhedrin ay permanenteng nawala, bagamat ang mga Fariseo sa Jamnia

ay sinubukan na dalhin ang mataas na panghukumang korte (i.e *Beth Din)* pabalik sa pangHudyo relihiyosong (ngunit hindi ang pangsibil o politikal) buhay.

IV. Pagiging Kasapi

A. Ang unang biblikal na pagbanggit sa mataas na hukuman sa Herusalem ay sa II Cronika 19:8-11. Ito ay binubuo ng mga (1) Levites; (2) saserdote; at (3) mga ulo ng bawat pamilya (i.e., mga nakatatanda, cf. I Macc. 14:20; II Macc. 4:44).

B. Sa panahon ng Maccabean ito ay dinodomina ng mga (1) saserdoteng pamilya ng mga Sadducean at (2) lokal na aristokratiko (cf. I Macc.7:33; 11:23; 14:28). Sa kalaunay sa panahong ito ang mga "eskriba" (mga mambabatas sa Mosaik, madalas ay mga Fariseo) ay idinagdag, ng asawa ni Alexander Jannaeus na si Salome (76-67 B.C.). Sinabi pa na ginawa niyang mga dominanteng grupo ang mga Fariseo (cf. Josephus' *Wars of the Jews* 1.5.2).

C. Sa panahon ni Hesus ang hukuman ay binubuo ng

1. mga pamilya ng Punong Saserdote
2. lokal na kalalakihan galing sa mayayamang pamilya
3. mga eskriba (cf. Lucas 19:47)

V. Pinagkonsultahan ng mga Pinagmulan

A. *Dictionary of Jesus and the Gospels,* IVP, pp. 728-732
B. *The Zondervan Pictorial Encyclopedia of the Bible*, vol. 5, pp. 268-273
C. *The New Schaff-Herzog Encyclopedia of Religious Knowledge*, vol. 10, pp. 203-204
D. *The Interpreter's Dictionary of the Bible,* vol. 4, pp. 214-218
E. *Encyclopedia Judaica*, vol. 14, pp. 836-839

**3:2 "nang gabi"** Ang mga rabi ay nagsabi na ang gabi ang pinakamainam na oras upang mag-aral ng Batas sapagkat walang mga pag-aabala. Posibleng ayaw ni Nicodemo na makitang kasama si Hesus kaya (at posible na may kasama siyang iba pa) lumapit siya sa Kanya sa gabi.

Maaring magtaka ang ilan sa mga kasulatan ni Juan kung paano kadalas ang isang magbibigay kahulugan ay magiisip ng dalawang kahulugan. Si Juan ay kinikilala sa pamamagitan ng pabalik-balik na pagkokontra ng liwanag at kadiliman (tignan NET Bible, p. 1898, #7 sn).

▣ **"Rabi"** Sa Juan ito ay nangangahulgang "guro" (cf. 1:38; 4:31; Marcos 9:5; 11:21). Isa sa mga bagay gumagambala sa mga lider ng Hudyo ay si Hesus ay kailanman hindi nakapag aral sa isa sa mga teolohikal na paaralan ng mga rabi. Wala Siyang naging pag-aaral ng Talmud sa Nazaret.

▣ **"ikaw ay isang guro na nagbuhat sa Diyos"** Ang sugnay ay inilagay sa unang bahagi ng pangungusap bilang pagdidiin. Ito ay posibleng may kinalaman sa propesiya ng Deuteromonio 18:15, 18. SiNicodemus ay nakilala ang kapangyarihan ng mga gawa at salita ni Hesus, ngunit hindi nangangahulugan na siya ay may maayos na esperitwalidad sa harap ng Diyos.

▣ **"maliban na kung sumasa kaniya ang Diyos"** Ito ay isang PANGATLONG KLASENG KONDISYUNAL NA PANGUNGUSAP na ang ibig sabihin ay may potensyal na realidad.

**3:3,5,11 "katotohanan, katotohanan"** Ito ay literal na "Amen, amen." Ito ay nagmula sa OT na salita para sa "pananaampalataya." Ito ay nagmula sa ugat na "maging matatag" o "maging tiyak." Ginamit ni Hesus ito upang paunahan ang mga mahahalagang mga pangungusap. Ito rin sa kalaunay isang paraan upang angkinin ang makatotohanang mga pangungusap. Ang paunang pagdodoble ay natatangi sa Ebanghelyo ni Juan. Ang paulit-ulit na pagdodobleng ito ng salitang "amen" ay nagbubunyag ng estado ng diayalogo sa pagitan ni Hesus at Nicodemo. Tignan Natatanging Paksa: Amen sa 1:51.

**3:3 "maliban na kung"** Ito rin ay isang PANGATLONG KLASENG KONDISYUNAL NA PANGUNGUSAP, gaya ng sa pangungusap ni Nicodemo sa 3:2.

▣
**NASB,**
**NKJV,**
**TEV** **"ipanganak muli"**
**NRSV, NJB** **"ipanganak mula sa itaas"**

Ito ay AORIST PABALINTIYAK NA PASAKALI. Ang salitang (*anōthen*) ay may ibig sabihing

1. "pisikal na ipinanganak ng ikalawang beses"
2. "ipinanganak mula sa simula" (cf. Gawa 26:4)

3. “ipinanganak mula sa itaas,” na siyang tumutugma sa kontekstong ito (cf. 3:7,31; 19:11)

Ito marahil ay isang halimbawa ng paggamit ni Juan ng salitaino na mayroong dalawang kahulugan (dobleng pagnanais), pareho sa mga ito ay totoo (cf. Bauer, Arndt, Gengrich at Danker’s *A Greek-English Lexicon of the New Testament*, p. 77). Na siyang kapansin-pansin mula sa v. 4, naintindihan ito ni Nicodemo bilang opsyon # 1. Si Juan at Pedro (cf. I Pedro 1:23) ay ginamit itong pampamilyang metapora para sa kaligtasan gaya ng paggamit ni Pablo sa salitang pag-aampon. Ang pokus ay sa pagkilos ng Ama sa pagkakatawang tao (cf. 1:13). Ang kaligtasan ay kaloob at paggawa ng Diyos (cf. 1:12-13; Roma 3:21-24; 6:23; Efeso 2:8-9).

▣ **“hindi siya makakakita”** Ito ay isang idyomatikong talata na kahanay ng v. 5 kasama ang “hindi makakapasok.”

▣ **“kaharian ng Diyos”** Ang talatang ito ay ginamit lamang ng dalawang beses sa Juan(cf. v. 5). Ito ay lubhang susing talata sa Sinoptikong mga Ebanghelyo. Ang una at huling mga sermon ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito’y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabola ni Hesus). Tignan Natatanging Paksa sa ibaba. Para kay Juan ang “walang hanggan buhay” ang susing salitaino at ang metapora ay umuugnay sa pang-Hudyong konsepto ng dalawang panahon, ang kasalukuyang masamang panahon at ang matuwid na panahon na darating na mapapasinayaan ng Mesias. Ang mga Hudyo ay umaasa lamang ng isang pagbabalik ng pinalakas ng Espiritung lider ng militar (gaya ng sa Hukom sa OT). Ang dalawnag pagbabalik ni Hesus ay nagdulot na pagpapatong ng dalawang panahaon. Ang Kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao sa pagkakatawang tao sa Bethlehem. Gayunman, si Hesus ay dumating hindi bilang isang military na manlulupig ng Pahayag 19, ngunit isang Nagdurusang Tagapaglingkod (cf. Isaias 53) at mapagpakumbabang pinuno (cf. Zacarias 9:9). Ang Kaharian samakatwid, ay napasinayaan na (cf. Mateo 3:2; 4:17; 10:7; 11:12; 12:28; Marcos 1:15; Lucas 9:2,11; 11:20; 21:31-32) ngunit hindi pa nararanasan (cf. Mateo 6:10; 16:28; 26:64).

Ang mga mananampalataya ay namumuhay sa tension sa pagitan ng dalawang panahon na ito. Mayroon silang muling pagkabuhay, ngunit sila ay namamatay ng pisikal. Sila ay Malaya na sa kapangyarihan ng kasalanan, subalit sila ay nagkakasala pa rin. Sila ay nabubuhay sa ekastolohikal na tensyon ng nangyari na at hind pa nangyayari!

Isang makakatulong na ekspresyon sa tensyon ng nangyari na-ngunit-hindi pa sa Juan ay matatagpuan sa Frank Stagg’s *New Testament Theology*: “

> Ang Ebanghelyo ni Juan ay madamdamin patungkol sa paparating na hinaharap (14:3,18 f.,28; 16:16,22) at ito ay tumatalakay ng malinaw sa muling pagkabuhay at huling paghuhukom ‘sa huling panahon’ (5:28 f.; 6:39 f., 44,54; 11:24; 12:48); sa buong Ikaapat na Ebanghelyong ito, buhay na walang hanggan, paghuhukom, at muling pagkabuhay ay mga pangkasalukuyang realidad (3:18 f.; 4:23; 5:25; 6:54; 11:23 ff.; 12:28,31; 13:31 f.; 14:17; 17:26)” (p. 311).

## NATATANGING PAKSA: ANG KAHARIAN NG DIYOS

Sa OT ang YHWH ay itinuturong Hari ng Israel (cf. I Sam. 8:7; Awit 10:16; 24:7-9; 29:10; 44:4; 89:18; 95:3; Isaias 43:15; 44:6) at ang Mesias bilang ulirang hari (cf. Awit 2:6; Isaias 9:6-7; 11:1-5). Sa pagkapanganak ni Hesus sa Bethlehem (6-4 B.C.) ang kaharian ng Diyos ay bumasag sa kasaysayan ng tao na may bagong kapangyarihan at pagtutubos (bagong tipan, cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:27-36). Si Juan Bautista ay iprinoklama ang pagiging malapit ng kaharian (cf. Mateo 3:2; Marcos 1:15). Si Hesus ay malinaw na nagturo na ang kaharian ay makikita sa Kanya ay sa Kanyang mga katuruan (cf. Mateo 4:17,23; 9:35; 10:7; 11:11-12; 12:28;16:19; Marcos 12:34; Lucas 10:9,11; 11:20; 12:31-32;16:16; 17:21). Subalit ang kahiran ay sa hinaharap (cf. Mateo 16:28; 24:14; 26:29; Marcos 9:1; Lucas 21:31; 22:16,18).

Sa Sinoptikong paghahanay sa Marcos at Lucas nakikita natin ang talata na, “ang kaharian ng Diyos.” Ang karaniwang paksang ng mga katuruan ni Hesus ay nagsasangkot ng pangkasalukuyang paghahari ng Diyos sa puso ng mga tao, na balang araw ay mararanasan at mangyayari sa buong daigdig. Ito ay makikita sa panalangin ni Hesus sa Mateo 6:10. Si Mateo, na sumulat para sa mga Hudyo, mas pinili ang talata na hindi gumagamit ng pangalan ng Diyos (Kaharian ng Langit), habang si Marcos at Lucas, na sumusulat sa mga Hentil, ay gumamit ng pangkaraniwang pagtatalaga , used the common designation, isang paggamit ng pangalan ng diyos.

Ang una at huling mga sermon ni Hesus, at karamihan sa Kanyang mga parabula, ay tumatalakay sa paksang ito. Ito ay tumutukoy sa pagahahari ng Diyos sa mga puso ng mga tao ngayon! Ito’y nakakabigla na si Juan ay gumagamit ng talatang ito ng dalawang beses lamang (at hindi kailanman sa parabola ni Hesus). Sa ebanghelyo ni Juan ang “walang hanggang buhay” ay ang susing metapora.

Ang tensyon sa talatang ito ay dahilan sa dalawang pagbabalik ni Kristo. Ang OT ay nagpokus lamang sa isang pagbabalik ng Mesias ng Diyos—isang pangmilitar, panghukom, at dakilang pagbabalok—ngunit ang NT ay nagpapakita na Siya ay dumating ng unang beses bilang isang Nagdurusang Tagapaglingkod ng Isaias 53 at mapagpakumbabang hari ng Zacarias 9:9. Ang dalawang pangHudyong panahon, ang panahon ng kasamaan at ang bagong panahon ng katuwiran, ay nagpatong. Si Hesus ay kasalukuyang naghahari sa mga puso ng mga mananampalataya, ngunit baling araw ay maghahari sa buong sansinukob. Siya ay darating ng gaya ng sa paghuhula ng OT! Ang mga mananampalataa ay namumuhay sa “nangyari na” laban sa “ang hindi pa” sa Kaharian ng Diyos (cf. Gordon D. Fee at Douglas Stuart’s *How to Read The Bible For All Its Worth*, pp. 131-134).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:4-8**

**[4]Sinabi sa kaniya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang tao kung siya'y matanda na? makapapasok baga siyang bilang ikalawa sa tiyan ng kaniyang ina, at ipanganak?" [5]Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, ay hindi siya makapapasok sa kaharian ng Dios. [6]Ang ipinanganak ng laman ay laman nga; at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga. [7]Huwag kang magtaka sa aking sinabi sa iyo, Kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli. [8]Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kaniyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling, at kung saan naparoroon: gayon ang bawa't ipinanganak ng Espiritu."**

**3:5 "tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu"** Ito ay isa na namang PANGATLONG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Mayroon marahil na pagsasalungat saThere may be a contrast (napakatipikal sa mg kasulatan ni Juan) sa pagitan

1. ang pisikil laban sa espiritwal (walang PANTUKOY sa "espiritu")
2. ang daigidig laban sa kalangitan

Ang pagsasalungat na ito ay ipinararating ng v. 6.
Ang mga teorya para sa kahulugan ng "tubig" ay ang mga

1. ang paggamit ng mga rabi sa semilya ng mga lalake
2. ang tubig sa kapanganakan ng bata
3. Ang pagbabautismo ni Juan na nagsisimbulo ng pagsisisi (cf. 1:26; 3:23)
4. ang OT pinanggalingang kahulugan ng seremonyal na pagbabasbas ng Espiritu (cf. Ezekiel 36:25-27)
5. Ang Kristyanong pababababautismo(bagamat hindi ganito ang paraan ng pagkakaunawa ni, ay unang binanggit nina Justin at Irenaeus) ay pinakahalatang mga kahulugan.

Ang kapanganakan, sa kontekstong ito, ay metaporikal at hindi dapat natin hayaang hindi pakaunawa ni Nicodemo sa mga salitaino ang mamayani sa interpretasyon. Samakatwid, ang teroya #1 ay hindi nararapat. Bagamat si Nicodemo ay hindi naunawaan na ang mga salita ni Hesus ay tumutukoy sa kalaunany Kristyanong pagbabautismo, si Juan na Apostol ay madalas na ipinapasok ang kanyang teolohiya sa mga makasaysayang mga salita ni Hesus (cf. vv. 14-21). Theory #2 ay maaring tumugma sa dualismo ni Juan ng itaas at ibaba, Ang kaharian ng Diyos at ang pandaigdig na kaharian. Sa pagpapaliwanag ng mga salitang ito ang bawat isa ay dapat na malaman kung sila nga ay magkasalungat (#1 o #2) o magkaayon (#4).

D. A. Carson, *Exegetical Fallacies*, ay nagbanggit ng isa pang opsyon: na ang parehong mga salita at tumutukoy sa isang kapanganakan, at ekastolohikal nakasunod kapanganakan Ezekiel 36:25-27, na siyang naglalarawan ng "bagong tipanan" of Jeremias 31:31-34 (p. 42).

F. F. Bruce, *Answers to Questions*, ay nakita din si Ezekiel bilang isang OT pagpapahiwatig sa likod ng mga salita ni Hesus. Ito ay maari pang pantukoy sa proseleteng pagbabautismo, ni Nicodemo, isang kilalang rabi na guro, na dapat ding gawin! (p. 67).

▣ **"ang Kaharian ng Diyos"** Isang sinaunang Griyegong manuskripto (i.e., MS א) at maraming mga ama ng iglesya, ay mayroong talata na "ang Kaharian ng langit," na karaniwan sa Ebanghelyo ni Mateo. Gayunpaman, ang talata na "ang Kaharian ng Diyos" ay nakita sa v. 3 (vv. 3 at 5 ay tanging lugar kung saan ang talatang ito ay lumabas sa Juan). Si Juan, na sumusulat sa mga Hentil (gaya din nina Marcos at Lucas), ay hindi gumamit ng pangHudyo pagpapaliguy para sa pangalan ng Diyos.

**3:6** Ito muli ay pataas na dualismo (itaas vs. ibaba) napakakaraniwan sa Juan (cf. v. 11).

**3:7 "iyo. . .Kayo"** Ang una ay PANG-ISAHAN, tumutukoy kayNicodemus, ngunit ang ikalawa PANGMARAMIHAN, tumutukoy sa pangkalahatang prinsipyo na naaangkop sa lahat ng tao (parehong paglalaro sa PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN sa v. 11).

Ang isa ay maaring matukso na bigyan pakahulugan ito ayon sa pangHudyo inklinasyon na magtiwala sa kanilang lahing pinagmulan (cf. 4:12; 8:53). Si Juan, na sumusulat patungo sa huling yugto ng unang siglo, kapansin-pansing kinokompronta ang Gnostisismo, at ang makaHudyo pagmamayabang ng lahi.

▣ **"dapat"** Ang Griyegong PANDIWA *dei* (lit. "ito ay kinakailanagn," (BAGD 172), PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO ay ginamit ng tatlong beses sa kabanata 3 (vv. 7,14,30). Ito ay nagpapakilala ng mga bagay na dapat mangyari para ang plano ng Diyos umusad ng pasulong (cf. 4:24; 9:4; 10:16; 12:34; 20:9)

**3:8** Mayroong paglalaro sa Hebreo (at Aramaic) na salita (*ruach*) at ang Griyegong salita (*pneuma*) na nangangahulugang parehong "hangin," "hininga," at "espiritu." Ang punto ay ang hangin ay may kalaayan, na gaya ng sa Espiritu. Walang makakakita sa hangin, ngunit nararamdaman ang mga epekto nito; kaya, ganun din ang Espiritu. Ang kaligtasan ng sangkatauhan ay hindi niya control, ngunit nasa control ng Espiritu (cf. Ezekiel 37). Posible na ang vv. 5-7 ay nagpapakita rin ng kaparehong

katotohanan. Ang kaligtasan ay kombinasyon ng pangunguna ng Espiritu (cf. 6:44,65) at ang pananampalatayang/pagsisising pagtugon ng mga indibidwal na tao (cf. 1:12; 3:16,18).

Ang Ebanghelyo ni Juan ay tanging nakapokus sa persona at gawa ng Espirtu (cf. 14:17,25-26; 16:7-15). Nakita niya ang bagong panahon ng kabutihan bilang panahon ng Espiritu ng Diyos.

Ang talatang 8 ay nagdidiin sa palaisipan kung bakit may ilang mga tao ay naniwala nang sila ay makarinig/makakita sa ebanghelyo at ang iba ay hindi. Si Juan ay pinagpilitan na walang maniniwala/mananamopalataya maiban ni sila ay hipuin ng Espiritu (cf. 1:13; 6:44,65). Ang talatang ito ay nagpapalakas sa teolohiya na iyan. Gayunpaman, ang katanungan sa tipanang pagtugon(i.e., pagtanggap ng tao sa banal na pag-aalok) ay nanatiling naniniwala na ang Espiritu ay humihipo sa lahat. Kung bakit ang ilan ay tumatanggi ay nananatiling matinding misteryo ng pagkakasala (i.e., ang pansariling pagmamapuri sa Pagbagsak). Habang ako tumatanda,mas higit akong nag-aaral ng aking Bibliya, mas higit akong naglilingkod sa mga tao ng Diyos, mas higit akong nagsusulat ng "misteryo" sa buong buhay. Lahat tayo ay namumuhay sa madilim na usok(i.e., I Corinto 13:12) na makataong pagrerebelde! Ang kakayanang makapagpaliwanag o mailagay sa ibang kaparaanan, ang makapaglinang ng sistematikong teolohiya, ay hindi kasing halaga ng pagtitiwala sa Diyos kay Kristo. Si Job ay kailanman hindi sinabihan kung "bakit"!

## NATATANGING PAKSA: HININGA, HANGIN, ESPIRITU

Ang Hebreo salita *ruach* (BDB 924) at ang Griyego salita *pneuma* ay maaring nangangahulugang "espiritu," "hininga" o "hangin" (cf. Juan3:5,8). Ang Espiritu ay madalas na inuuugnay sa paglilikha (cf. Genesis 1:2; Job 26:13; Awit 104:30). Ang OT ay hindi malinawa na ipinaliwanag ang relasyon sa pagitan ng Diyos at ang Espiritu. Sa Job 28:26-28; Awit 104:24 at Kawikaan 3:19; 8:22-23 ang Diyos ay ginamit ang karunungan (isang PAMBABAENG PANGALAN) upang likhain ang lahat ng bagay. Sa NT si Hesus ay sinasabing kinatawan ng Diyos sa paglilikha (cf. Juan1:1-3; I Corinto 8:6; Colosas 1:15-17; Hebreo 1:2-3). Gaya rin ng sa pagtutubos, ganun din sa, paglilikha, lahat ng tatlong persona ng pagkaDiyos ay kasama. Ang Genesis 1 mismo ay hindi nagdiin ng ikalawang kadahilanan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:9-15

**[9]Sumagot si Nicodemo at sa kaniya'y sinabi, "Paanong pangyayari ng mga bagay na ito"? [10]Sumagot si Hesuss at sa kaniya'y sinabi, Ikaw ang guro sa Israel, at hindi mo nauunawa ang mga bagay na ito? [11]Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Ang nalalaman namin ay sinasalita namin, at ang aming nakita ay pinatotootohanan namin; at hindi ninyo tinanggap ang aming patotoo. [12]Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa lupa at hindi ninyo pinaniniwalaan, paanong paniniwalaan ninyo kung sabihin ko sa inyo ang mga bagay na nauukol sa langit? [13]At walang umakyat sa langit, kundi ang nanggaling sa langit, sa makatuwid baga'y ang Anak ng tao, na nasa langit. [14]At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas, ay gayon kinakailangang itaas ang Anak ng tao; [15]Upang ang sinomang sumampalataya ay magkaroon sa kaniya ng buhay na walang hanggan.**

**3:9-10** Si Nicodemo ay dapat naunawaan ang simbolong salitalohiya ni Hesus ayon sa liwanag ng (1) Judaismong proseleteng pagbabautismo at (2) ang pangangaral ni Juan Bautista .

Ito marahil ay puno ng layunin na pagpapababa sa kaalaman ng tao; na maging ang kagaya ni Nicodemo, isang pinuno ng mga Hudyo, ay hindi naunawaan ng lubusan ang mga espiritwal na bagay. Ang Ebanghelyo ni Juan ay isinulat upang labanan ang tumatalamak na Gnostisismo, isang kasinungalingan na nagdiin sa makataong kaalaman bilang isang paraan ng kaligtasan. Tanging si Hesus lamang ang tunay na liwanag (cf. v. 19) para sa lahat, hindi ang ilang mga elitistang grupo.

**3:11 "Ang nalalaman namin ay sinasalita namin"** Ang mga PANGMARAMIHANG PANHALIP tumutukoy kay Hesus at kay Juan na Apostol (cf. v. 11) o kay Hesus at ang Ama, na tumutugma ng mas mainam sa konteksto (v. 12). Ang ebanghelyo ay hinde espekulasyon, ngunit banal na kapahayagan!

▣ **"hindi ninyo tinanggap ang aming patotoo** Si Juan ay madalas na gumagamit na salitang tinanggap/tanggapin (*lambanō*) at ang PREPOSISYONAL NA TAMBALAN sa teolohikal na pakahulugan.

1. sa pagtatanggap kay Hesus
   a. ng negatibo (1:11; 3:11, 32; 5:43, 47)
   b. ng positibo (1:12; 3:11,33; 5:43; 13:20)
2. sa pagtatanggap ng Espiritu
   a. ng negatibo (14:17)
   b. ng positibo (7:39)
3. sa pagtatanggap sa mga salita ni Hesus
   a. ng negatibo (12:48)

b. ng positibo (17:8)

Tignan Natatanging Paksa: Mga Patotoo kay Hesus sa 1:8.

**3:12 "Kung. . .kung"** Ang una ay UNANG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, na ipinapalagay na totoo mula sa perpektibo ng may-akda o para sa kanyang pangliteraturang mga layunin. Ang ikalawa ay IKATLONG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na ang ibig sabihin ay potensyal na aksyon.

▣ **"inyo"** Ang PANGHALIP at ang PANDIWA ay mga PANGMARAMIHAN. Si Nicodemo ay maaring mayroong mga mag-aaral o ibang Fareseo na kasama niya nang siya ay lumapit kay Hesus, o maaring ito ay pangkalahatang pangungusap (i.e., si Nicodemo bilang isang kinatawan ng grupo) sa lahat hindi mananampalatayang Hudyo gaya ng sa vv. 7 at 11.

**3:13** Ang talatang ito ay inilalayon upang konpirmahin ang kapahayagan ng Ama kay Hesus bilang totoo, kompleto, unang nangyari, at kakaiba (cf. 1:1-14). Ito ay isa na namang halimbawa ng pataas na dualismo ni Juan: langit laban sa mundo, pisikal laban sa espiritwal, ang pinagmulan ni Nicodemo laban sa pinagmulan ni Hesus (cf. 1:51; 6:33,38,41,50,51,58,62). Ang talatang ito ay nagsasaysay ng (1) ang pagkdiyos; (2) ang pre-eksistensya; at (3) ang pagkakatawang tao ng walang hanggang Ikalawang Persona ng Trinidad (para sa Trinidad tignan Natatanging Paksa sa 14:26).

▣ **"ang Anak ng Tao"** Ito ang sariling pagtatalaga ni Hesus; wala itong makabansa, makamilitar, makaMesias na implikasyon sa unang siglong Judaismo. Ang salita ay nagmula sa Ezekiel 2:1 at Awit 8:4 ,na kung saan ang ibig sabihin ay "taong nilalang" at Dan. 7:13 kung saan ay nagpapahiwatig ng pagkadiyos. Ang salita ay nagtatambal ng kabalintunaan ng persona ni Hesus, ang buong pagkaDiyos at buong pagiging tao (cf. I Juan4:1-3).

**3:14-21** Mahirap malaman ng may katiyakan kung saan nagtapos ang usapan ni Hesus at Nicodemo at kung saan sa kalaunay nagsimula ang komento ni Juan na Apostol . Posible na ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay nagtala ng pampublikong ministeryong pagtuturo ni Hesus, habang si Juan ay nagtala ng Kanyang pribadong oras ng pagtuturo sa Kanyang mga disipulo. Ang mga talatang 14-21 ay mababalangkas sa mga sumsunod.

1. vv. 14-15 kaugnayan kay Hesus
2. vv. 16-17 kaugnayan sa Ama
3. vv. 18-21 kaugnayan sa sangkatauhan

Tandaan na kahit sino kina Hesus o Juan ay hindi nakaapekto sa katotohanan ng mga pangungusap!

**3:14 "At kung paanong itinaas ni Moises sa ilang ang ahas,"** Ito ay may kinalaman sa Bilang 21:4-9 na nagsasalaysay ng karanasan ng paghuhukom habang sila ay nasa Panahon ng Paglalakbay sa Ilang. Ang sentral na katotohanan ay ang mga tao ay dapat na magtiwala at sumunod sa salita ng Diyos, kahit na hindi nila ito lubos na nauunawaan. Ang Diyos ay naglalaan ng daan para sa mga Israelita upang maligtas sa mga kagat ng mga ahas kung sila ay maniniwala lamang. Ang paniniwalang ito ay mapapatunayan sa kanilang pagsunod sa Kanyang salita/pangako (cf. Bilang 21:8).

▣ **"itinaas"** Ang Griyego salitang ito (cf. 8:28; 12:32,34) ay madalas na naisasalin sa "labis na dinakila" (cf. Gawa 2:33; 5:31; Filipos 2:9) at iba pang salita na ginamit ni Juan sa dalawang pakahulugan (dobleng entender, cf. 1:5; 3:3,8). Gaya ng pinangako ng Diyos na pagpapalaya sa kamatayan sa pamamagitan ng kagat ng mga ahas sa lahat ng nananampalataya sa salita Diyos at tumingin sa tansong serpyente, kaya, ganun din sa sinumang nananampalataya sa salita ng Diyos (ang ebanghelyo patungkol kay Kristo, ang Nag-iisang itinaas sa krus) at magtiwala kay Hesus ay mapapalaya (maliligtas) mula sa ahas (Diablo, kasalanan) sa kagat ng masama (cf. 12:31-32).

**3:15-18 "sinomang" (v. 15) "sinomang" (v. 16) "Siya na" (v. 18)** Ang pag-ibig ng Diyos ay pag-anyaya sa lahat ng sangkatauhan (cf. Isaias 55:1-3; Ezekiel 18:23,32; Juan1:29; 3:16; 6:33,51; II Corinto 5:19; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan2:2; 4:14). Ang pag-alok ay pangkalahatan, ngunit ang pagtanggap nito ay hindi!

**3:15 "manampalataya"** Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANTUKOY. Ang pananampalataya ay ang nagpapatuloy na pagtitiwala. Tignan puna sa 1:12 at Natatanging Paksa sa 1:7 at 2:23.

▣ **"sa Kanya Him"** Ito ay tumtukoy hindi lamang sa mga katotohanan (teolohikal na mga katotohanan) patungkol kay Hesus, ngunit sa personal na relasyon sa Kanya. Ang kaligtasan kaligtasan ay (1) isang mensahe na dapat paniwalaan; (2) isang persona na dapat tanggapin at sundin; at (3) isang buhay na gaya ng sa persona na isabuhay!

Ang gramatikal na hubog dito ay hindi karaniwan. Ito ay PANGHALIP na may kasamang PREPOSISYON na *en* na matatagpuan lamang dito sa Juan; madalas ito ang PREPOSISYON na *eis.* Tama na posible itong maiuugnay sa "ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan" (cf. *The New Testament in Basic English* ni Harold Greenlee).

**3:15,16 "buhay na walang hanggan"** Ito ay Griyego salita (*zo*s ) tumutukoy sa kalidad at dami (cf. 5:24). Sa Mateo 25:46

ang kaparehong salita ay ginamit sa walang hanggang paghihiwalay. Sa Juan ang zos (ginamit ng 33 beses, ang karamihan ay sa kabanata 5 at 6) madalas (ang PANDIWA ay ginamit sa pisikal na buhay, i.e., 4:50,51,53) tumutukoy sa muling pagkabuhay, ekastolohikal na buhay, o ang buhay ng Bagong Panahon, ang buhay ng Diyos mismo. Ang Juan ay naiiba sa ibang mga Ebanghelyo sa kanyang pagdidiin sa "buhay na walang hanggan." Ito ang pangunahing tema at layunin ng kanyang Ebanghelyo (cf. 3:15;4:36; 5:39; 6:54,68; 10:28; 12:25; 17:2,3).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:16-21

**16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.**
**17 Sapagka't hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanglibutan upang hatulan ang sanglibutan; kundi upang ang sanglibutan ay maligtas sa pamamagitan niya 18 Ang sumasampalataya sa kaniya ay hindi hinahatulan; ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na, sapagka't hindi siya sumampalataya sa pangalan ng bugtong na Anak ng Diyos 19 At ito ang kahatulan, na naparito ang ilaw sa sanglibutan, at inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw; sapagka't masasama ang kanilang mga gawa 20 Sapagka't ang bawa't isa na gumagawa ng masama ay napopoot sa ilaw, at hindi lumalapit sa ilaw, upang huwag masaway ang kaniyang mga gawa. 21 Datapuwa't ang gumagawa ng katotohanan ay lumalapit sa ilaw, upang mahayag na ang kaniyang mga gawa ay ginawa sa Diyos**

**3:16 "pagsinta ng Diyos"** Ito ay isang AORIST AKTIBO NA INDIKATIBO (gaya ng sa PANDIWA "ibinigay"), na dito ay nagsasaad ng natapos na paggawa sa nakalipas na panahon (Diyos sinugo si Hesus). Ang mga talatang ito 16-17 ay may kinalaman una sa lahat sa pag-ibig ng Ama (cf. I Juan4:7-21, esp. vv. 9-10). "Minahal" ay ang salita para sa *agapaō.* Hindi ito madalas na ginagamit sa Klasikal na Griyego. Ang sinaunang eglisya ay kinuha ito at pinunan ng particular na kahulugan. Sa ilang mga konteksto ito ay nauugnay sa pag-ibig ng Ama o Anak, gayunpaman, ito ay ginamit ng negatibo sa makataong pag-ibig (cf. 3:19; 12:43; I Juan2:15). Ito ay may teolohikal na kasingkahulugan sa hesed sa OT, na ang ibig sabihin ay kasunduang katapatan at pag-ibig ng Diyos. Sa Koine na Griyego sa panahon ni Juan, ang mga salita *agapaō* at *phileō* ay pangunahing magkasingkahulugan (ikumpara 3:35 sa 5:20).

Ang mga interpreter ay dapat na itaninm sa isipang na ang lahay ng mga salita na ginamit upang ilarawan ang Diyos ay nagdadala ng pantao (antropomorpik) na dalahin. Dapat tayong gumamit ng mga salita na maglalarawan sa ating mundo, ating damdamin, ating makasaysayang perspektibo sa pagtatangka na ilarawan ang eternal, banal, naiibang, espiritwal na (Diyos). Lahat ng pantaong bokabularyo sa ilang hangganan ay kapareho o metaporikal. Anu man ang naipahayag ay tunay na totoo, ngunit hindi sukdulan. Ang makasalanan, temporal, may hangganan na sangkatauhan ay hindi maaarok ang sukdulang realidad.

## NATATANGING PAKSA: INILARAWAN ANG DIYOS BILANG ISANG TAO (ANTROPOMORPIK NA WIKA)

I. Ito ay tipo ng wika na napakaraniwan sa OT (some examples)
   A. Pisikal na mga bahagi ng katawan
      1. mata – Genesis 1:4,31; 6:8; Exodo 33:17; Bilang 14:14; Deuteromonio 11:12; Zacarias 4:10
      2. kamay – Exodo 15:17; Bilang 11:23; Deuteromonio 2:15
      3. braso– Exodo 6:6; 15:16; Deuteromonio 4:34; 5:15
      4. tainga – Bilang 11:18; I Sam. 8:21; II Hari 19:16; Awit 5:1; 10:17; 18:6
      5. mukha – Exodo 33:11; Bilang 6:25; Deuteromonio 34:10; Awit 114:7
      6. daliri – Exodo 8:19; 31:18; Deuteromonio 9:10; Awit 8:3
      7. boses – Genesis 3:8,10; Exodo 15:26; 19:19; Deuteromonio 26:17; 27:10
      8. pa – Exodo 24:10; Ezekiel 43:7
      9. taong anyo – Exodo 24:9-11; Awit 47; Isaias 6:1; Ezekiel 1:26
      10. ang anghel ng Panginoon – Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16; Exodo 3:4,13-21; 14:19; Hukom 2:1; 6:22-23;13:3-22
   B. Pisikal na mga aksyon
      1. pagsasalita bilang mekanismo ng paglilikha – Genesis 1:3,6,9,11,14,20,24,26
      2. paglalakad (i.e., tunog ng) sa Eden – Genesis 3:8; 18:33; Lv. 26:12; Deuteromonio 23:14
      3. pagsasara ng pinot sa Noah's ark – Genesis 7:16
      4. pagsasamyo ng sakripisyo – Genesis 8:21; Lev. 26:31; Amos 5:21
      5. pagdating pababa – Genesis 11:5; 18:21; Exodo 3:8; 19:11,18,20
      6. paglilibing kay Moses – Deuteromonio 34:6

C. Pantaong emosyon (ilang mga halimbawa)
1. panghihinayang/pagsisisi – Genesis 6:6,7; Exodo 32:14; Hukom 2:18; I Sam. 15:29,35; Amos 7:3,6
2. galit – Exodo 4:14; 15:7; Bilang 11:10; 12:9; 22:22; 25:3,4; 32:10,13,14; Deuteromonio 6:15; 7:4; 29:20
3. pagsisilos – Exodo 20:5; 34:14; Deuteromonio 4:24; 5:9; 6:15; 32:16,21; Josh. 24:19
4. pananawa/masuklam – Lev. 20:23; 26:30; Deuteromonio 32:19

D. Pampamilyang mga salita (ilang mga halimbawa)
1. Ama
a. ng Israel – Exodo 4:22; Deuteromonio 14:1; Isaias 1:2; 63:16; 64:8; Jeremias 31:9; Osea 11:1
b. ng king – II Sam. 7:11-16; Awit 2:7
c. metaporah para sa makaamang pag-aksyon – Deuteromonio 1:31; 8:5; 32:6-14; Awit 27:10; Kawikaan 3:12; Jeremias 3:4,22; 31:20; Hosea 11:1-4; Malakias 3:17
2. Magulang – Hosea 11:1-4
3. Ina – Isaias 49:15; 66:9-13 (analogy to nursing mother)
4. Batang tapat na mangingibig – Hosea 1-3

II. Mga dahilan para sa paggamit ng ganitong tipo ng wika
A. Isang pangangailang para sa Diyos na ihayag Niya ang Kanyang sarili sa mga taong nilalang. Ang pinaka malaganap na konsepto ng Diyos bilang isang lalake ay isang antropomorpismo dahil sa ang Diyos ay espiritu!
B. Ang Diyos ay nagdadala ng pinakamakahulugang aspeto ng buhay ng tao at ginagamit ito upang ihayag ang Kanyang sarili sa makasalanang sangkatauhan (ama, ina, magulang, mangingibig)
C. Bagamat kinakailangan, ang Diyos ay hindi kailangan na maging limitado sa anumang pisikal na anyo (cf. Exodo 20; Deuteronomio 5)
D. Ang sukdulang antropomorpismo ay ang pagkakatawang tao ni Hesus! Ang Diyos ay naging pisikal, nahahawakan (cf. I Juan1:1-3). Ang mensahe ng Diyos ay naging Salita ng Diyos (cf. Juan1:1-18)

▣ **"kaya"** Ito ay literal na "sa ganitong kaparaanan" (i.e., 7:46; 11:48; 18:22). Ito ay nagpapakita ng paraan, hindi emosyon! Ang Diyos nagpamalas ng Kanyang pag-ibig (cf. Roma 5:8) sa pamamagitan ng pagbibigay (v. 16) at pagpapadala (v. 17, parehong AORIST AKTIBONG MGA INDIKATIBO) sa Kanyang Anak upang mamatay sa ngalan ng sangkatauhan (cf. Isaias 53; Roma 3:25; II Corinto 5:21; I Juan2:2).

▣ **"sanlibutan"** Si Juan ay ginamit ang Griyegong salita ito *kosmos* sa ilang mga pakahulugan (Tignan puna sa 1:10 at Natatanging Paksa sa 14:17).

Ang talatang ito ay nagpapabulaanan sa dualismo ng mga Gnostik sa pagitan ng espiritu (Diyos) at materyal. Ang mga The Griyego ay pilit na inuugnay ang masama sa materyal. Para sa kanila ang materyal (i.e.,katawan ng tao) ay ang bahay kulungan ng banal na pagkislap ng lahat ng mga tao. Si Juan ay hindi ipinapalagay ang kasamaan ng materyal o laman. Mahal ng Diyos ang mundo (planeta, cf. Roma 8:18-22) at ang mga taong nilalang (laman, cf. Roma 8:23). Ito marahil ay isa pang intesyonal na kalabuan(dobleng entender) na napakakaraniwan sa Juan(cf. 1:5; 3:3,8).

▣ **"bugtong na Anak"** Ito ay nangangahulugang "natatangi, walang katulad." Hindi ito dapat unawain bilang "bugtong na " sa (1) sekswal na pakaluhulugan o (2) na ang ibig sabihin ay wala ng ibang mga anak. Walang ibang kagaya pa ni Hesus. Tignan buong puna sa 1:14.

▣ **"sinomang sa kaniya'y sumampalataya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANTUKOY, na nagdidiin sa paunan at patuloy na pananampalataya. Tignan Natatanging Paksa sa 1:14 at 2:23. Ang paninindigang ito ay inulit mula sa v. 15 para sa pagbibigay bigat. Salamat o Diyos para sa "sinomang"! Ito ay dapat na magbabalanse para sa anung pagbibigay diin sa espesyal na grupo(panlahi, intelektwal, o teolohikal). Hindi sa ang " Kataasan ng Diyos" at "malayang pagpili ng tao" ay eklusibo sa isat-isa; sila y parehong totoo! Ang Diyos ang laging nagpapasimula sa pagtugon at nagtatakda ng agenda (cf. 6:44,65), ngunit Siya ang nagtatayo ng Kanyang relasyon sa mga tao sa pamamagitan ng tipanan. Sila ay dapat na tumugon at patuloy na tumugon sa Kanyang alok at mga kondisyon! *phileō*

## NATATANGING PAKSA: PREDESTINASYON (CALVINISM) LABAN SA MALAYANG PAGPILI NG TAO (ARMINIANISM)

Ang Tito 2:11 ay ang pambalanses sa ibang NT na mga pasaya sa eleksyon o pagpili ng Diyos. Naisip ko na maaaring makatulong sa teolohikal na ibigay ang mga komentaryo sa Roma 8:29 at 9, at ganun na run ang sa Efeso 1.

I. Roma 8:29 – Si Pablo ay gumagamit ng "una pa'y kaniyang nakilala" (*proginōskō*, "kilalanin bago pa man") dalawang

beses, dito at 11:2. Sa 11:2 ito ay tumutukoy sa tipanang pag-ibig ng Diyos para sa Israel bago pa man nagsimula ang oras. Tandaan na ang salitang “kilala” sa Hebreo ay may kaugnayan sa matalik, personal na relasyon, hindi sa katotohanan sa isang tao (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Dito ay isinama sa dugtong dugtong sa walang hanggang mga pangyayari (cf. Roma8: 29-30). Ang salitang ito ay idinugtong sa predestinasyon. Gayunpaman, dapat lamang sabihin na ang kaalaman ng Diyos sa mulat-mula pa ay hindi basihan ng eleksyon o pagpili sapagkat kung magkagayon, ang eleksyon ay nakadepende sa panghinaharap ng pagdedesisyon ng makasalanang tao, na maaaring maging makataong pagsasagawa. Ang salitang ito ay matatagpuan din sa Gawa 26:5; I Pedro 1:2,20 at II Pedro 3:17.

A. “una pa'y kaniyang nakilala” (*proginōskō*, “kilalanin bago pa man”)

Ang mga salita “una pa'y kaniyang nakilala” at “italaga” ay parehong mga tamabalan na may kasamang PREPOSISYON “bago” at samakatwid, dapat na isalin na “kilalanin bago pa man,” “itakda ang hangganan bago pa man,” o “markahan mula sa bago pa.” Ang depenitbong mga talata sa predestinasyon sa NT ay ang Roma 8:28-30; Efeso 1:13-14; at Roma 9. Ang mga tekstong ito ay kapuna-puna na nagdidiin sa kataasan ng Diyos. Siya ang may pangkalahatng control sa lahat ng mga bagay. Mayroong pasimulang pagsasaayos ng banal na plano na ginagawa sa takadang panahon. Gayunpaman, ang plano ay hindi nagkataon o selektibo. Ito ay batay , hindi lamang sa kataasan at pagkikilala ng sa una pa ng Diyos, ngunit sa Kanyang hindi nagbabagong karakter ng pag-ibig, awa, at walang karapat-dapat na biyaya.

Dapat tayong maging maingat sa ating kanluraning (American) indibidwalismo o an gating ebanghelikal na panata na nagkukulay sa nakamamanghang katotohanan na ito. Dapat din nating bantayan laban sa pagpapalaki ng makaysayan, teolohikal na tunggalian sa pagitan ni Augustine laban kay Pelegius o Calvinism laban Arminianism.

B. “itinalaga o predestin” (*proorizō*, “ihanda ang mga hangganan bago pa man”)

Ang Predestinasyon ay hindi isang doktrina na sinadyang limitahan ang Diyos sa kanyang pag-ibig, biyaya, at awa o alisin ang ilan sa mga ito sa ebanghelyo. Ito ay para palakasin ang mga mananampalataya sa pamamagitan ng paghuhubog ng kanilang mga pananaw sa mundo. Ang Diyos ay para sa lahat ng sangkatauhan (cf. I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ang Diyos ay may control sa lahat ng bagay. Sino o ano ang makakapagpahiwalay sa atin sa Kanya (cf. Roma 8:31-39)? Tinitignan ng Diyos ang lahat ng kasaysayan bilang pangkasalukuyan; ang tao ay may hangganan sa panahon o oras. An gating mga pananaw at mental na kakayahan ay limitado. Walang pagsasalungat sa pagitan ng kataasan ng Diyos at ang malayang pagpili ng tao. Ito ay isang tipanan istruktura. Mayroong iba pang halimbawa ng katotohana na ibinigay sa dialektikal na tensyon. Ang mga biblika na mga doktrina ay inilatag sa ibat-ibang mga perspektib. Sila ay madalas na lumalabas ng may kabalintunaan. Ang katotohanan ay ang balance sa pagitan ng parang magkasalungat na mga pares. Hindi dapat natin alisin ang tensyon sa pamamagitan ng pagpili sa isa sa mga katotohanan. Hindi dapat natin ihiwalay ang anumang biblikal na katotohanan sa isang lalagyan ang mga ito.

Mahalaga rin na idagdag na ang layunin ng eleksyon ay hindi lamang ang langit kung tayo ay mamatay, ngunit ang pagiging katulad ni Kristo sa ngayun (cf. Roma 8:29; Efeso 1:4; 2:10). Tayo ay pinili upang maging banal at walang bahid dungis.” Ang Diyos ay piniling baguhin tayo upang ang iba ay Makita at tumugon sa pananampalataya sa Diyos kay Kristo. Ang Predestinasyon ay hindi personal na pribelehiyo ngunit isang tipanan responsibilidad. Ito ang pangunahing katotohanan ng talata. Ito ang puntahan ng Kristyanismo. Ang kabanalan ay ang nais ng Diyos sa bawat mananampalataya. Ang eleksyon ng Diyos ay sa pagiging kawangis ni Kristo (cf. Efeso 1:4), hindi espesyal na katayuan. Ang imahe ng Diyos, na ibinigay sa tao sa paglilikha (cf. Genesis 1:26; 5:1,3; 9:6), ay dapat maibalik.

C. “katulad ng larawan ng kaniyang Anak”—Ang sukdulang naisin ng Diyos ay ang pagpapanumbalik ng imahe na nawala sa Pagbagsak o Fall. Ang mananampalataya ay pinili upang maging kawangis ni Kristo (cf. Efeso 1:4).

II. Roma 9

A. Ang Roma 9 ay isa sa mga malakas na talata sa NT patungkol sa kataasan ng Diyos (ang iba ay sa Efeso 1:3-14), habang ang kabanata 10 ay nagsasaad ng malayang pagpili ng tao ay malinaw at paulit-ulit (cf. “bawat isa” v. 4; “sinoman” vv. 11,13; “lahat” v. 12 [dalawang beses]). Si Pablo ay hindi kailanman sinubukan na pag-ayusin ang teolohikal na tensyon na ito. Ang mga ito ay parehong tama! Karamihan sa mg adoktrina ng Bibliya ay ipinipresenta sa kabalintunaan o dialektikal na pares. Karamihan sa mga sisitematikong teolohiya ay lohikal na mga hating-katotohanan.Ang Augustinianism at Calvinism laban sa semi-Pelegianism at Arminianism ay mayroong mga element ng katotohanan at pagkakamali. Ang Bibilikal na tensyon sa pagitan ng mga doktrina ay mas pinipili kaysa sa isang pangpruwebang-teksto, dogmatik, rasyonal, teolohikal na sistema na nagpipilit sa Bibliya patungo sa grid ng paunang kaisipang interpretasyon.

B. Ang kaparehong katotohanang ito ay (matatagpuan sa Roma 9:23) ay isinaad sa Roma 8:29-30 at Efeso 1:4,11. Ang kabanatang ito ay ang pinakaamalakas na ekspresyon ng kataasan ng Diyos sa NT. Walang magiging pagtatalo na ang Diyos ang Siyang may responsibilidad sa paglilikha at pagtutubos. Ang dakilang katotohanang ito ay hindi dapat kailanman na palambutin o palabuin. Gayunpaman, dapat itong ibalanse sa pagpili ng Diyos sa tipanan bilang paraan ng pakikipagrelasyon sa sangnilikha, na ginawa ayon sa Kanyang wangis. Ito ay tiyak na totoo sa ilang mga OT na tipanan, gaya ng sa Genesis 15, ay mga walang kondisyon at hindi nag-uugnay sa lahat ng pantaong pagtugon (e.g.,

Eden, Noah, Moses, David). Ang Diyos ay may plano ng pagtutubos para sa Kanyang nilikha; walang nilalang ang makakapekto sa planong ito. Ang Diyos ay pinili na payagan ang mga indibidwal na makipagpartisipasyon sa Kanyang mga plano. Isang oportunidad makasama sa teolohikal na tensyon sa pagitan ng kataasan (Roma 9) at ang malayang pagpili ng tao (Roma 10).

Hindi nararapat na pumili ng isa biblikal na pagdidiin at balewalain ang Isaias Mayroon tensyon sa pagitan ng mga doktrina dahil ang mga silanganing mga tao ay ipinipresenta ang katotohanan sa dialektikal o puno ng tensyon na mga pares. Ang mga doktrina ay dapat na hawakan sa relasyon sa ibang mga doktrina. Ang katotohanan ay isang mosaik ng mga katotohanan.

III. Efeso 1

A. Ang eleksyon ay kamangha-manghang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa paboritismo, ngunit isang pagtawag upang maging daan, isang gamit, o paraan sa pagtutubos ng iba! Sa OT ang salita ay pangunahing ginamit para sa paglilingkod; sa NT ito ay pangunahing ginamit para sa kaligtasan na umusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay hindi kailanman isinaayos ang parang magkakasalungat sa pagitan ng kataasan ng Diyos at ang malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit tinatanggap ang pareho! Isang magandang halimbawa ay ang biblikal na tensyon sa Roma 9 patungkol sa pagpili ng kaatasan ng Diyos at sa Roma 10 patungkol sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikal na tensyon na ito ay matatagpuan sa 1:4. Si Hesus ay ang taong pinili ng Diyos at ang lahat ay may potensyal na piliin sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay ang "oo" ng pangangailangan ng makasalanang sanlibutan (Karl Barth). Ang Ephesians 1:4 ay tumulong din na liwanagin a ng isyu sa pamamagitan ng pagsasalaysay na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi ang langit lamang, kundi ang kabanalan (pagiging wangis ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit ng mga benepisyo ng ebanghelyo at hindi pinapansin ang mga responsibilidad! Ang pagtawag ng Diyos (eleksyon) ay para sa panahon at sa pangwalang hanggan!

Ang mga doktrina ay nagmula sa relasyon ng obang mga katotohanan, hindi ang nag-iisa, at walang kaugnayang mga katotohanan. Ang mabuting analohiya ay ang konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay ngaprepresenta ng silanganing katotohanan, hindi kanluranin,mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon na dulot ng dialektikal (kabalintunaan) na mga pares ng mga katotohana ng doktrina (ang Diyos bilang isang transedente laban sa Diyos na palagian; seguridad laban sa pagsusumigasig; Si Hesus bilang kapantay ng Ama laban sa si Hesus bilang sunod-sunuran sa Ama; Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad sa tipanang kapareha, atbp.).

Ang teolohikal na konsepto ng "tipanan" ay nagsasama sa kataasan ng Diyos ( na laging nagdadala ng pagpapasimula at nagtatakda ng mga adyenda) kasama ang sapilitang pauna at nagpapatuloy na nagsisising pananampalataya na pagtugon mula sa tao. Maging maingat sa pagprupruwibang-teksto sa iisang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaysay lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya.

B. "pagkapili Niya sa atin" sa Efeso 1:4 ay isang AORIST GITNANG INDIKATIBO na nagdidiin sa PAKSA. Ito ay nagpopokus sa pagpili ng Ama bago pa man ang panohon. Ang pagpili ng Diyos ay dapat na maunawaan sa Islamic na pakahulugan ng determinismo, o sa ultra-Calvinistic na pakahulugan ng ilan laban sa mga iba, ngunit sa pangtipanang pakahulugan. Ang Diyos ay nangako na tutubusin ang makasalanang tao (cf. Genesis 3:15). Ang Diyos ay tinawag at pinili si Abraham na piliian ang lahat ng sangkatauhan (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5-6). Ang Diyos mismo ang pumili sa lahat ng mga tao na maglalagak ng kanilang pananampalataya kay Kristo. Ang Diyos ang laging nagbibigay ng pagpapasimula sa kaligtasan(cf. Juan 6:44,65). Ang tekstong ito at ang Roma 9 ay biblikal na basehan para sa doktrina ng predestinasyon na pinagdiinan ni Augustine at Calvin.

Pinili ng Diyos ang mga mananampalataya hindi lamang para sa kaligtasan (justification), ngunit sa pagpapaging-banal (cf. Co1:10-12). Ito ay maiuugnay sa (1) ating posisyon kay Kristo (cf. II Corinto 5:21) o (2) pagnanais ng Diyos na maisalin ang Kanyang karakter sa Kanyang mga anak (cf.2:10; Roma 8:28-29; Galacia 4:19). Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay parehong langit at pagiging wangins ni Kristo sa ngayon!

"Sa Kanya" ay ang susng konsepto ng Efeso 1:4. Ang pagpapala ng Ama, biyaya, at kaligtasan ay dumadaloy sa pamamagitan ni Kristo (cf. Juan14:6). Pansinin ang paguulit ng gramatikal na anyo nito (LOCATIVE OF SPHERE) sa v. 3, "kay Kristo Christ"; v. 4, "sa Kanya"; v. 7, "sa Kanya"; v. 9, "sa Kanya"; v. 10, "kay Kristo," "sa Kanya"; v. 12, "kay Kristo " at v. 13, "sa Kanya" (dalawang beses). Si Hesus ay ang "oo" ng Diyos sa makasalanang mundo. Si Hesus ay ang taong pinili ng Diyos at ang lahat ay may potensyal na piliin sa Kanya. Ang lahat ng mga biyaya ng Diyos Ama ay dumadaloy kay Kristo.

Ang talatang "bago itinatag ang sanglibutan" ay ginamit din sa Mateo 25:34; Juan17:24; I Pedro 1:19-20 at Pahayag13:8. Ito ay nagpapakita ng gawang pagtutubos ng *Triune* na Diyos bago pa man ang Genesis 1:1. Ang mga tao ay limitado ng kanilang paningin sa oras; ang lahat sa ating ay nakalipas, pangkasalukuyan, at panghinaharap, ngunit hindi ganito sa Diyos.

Ang tunguhin ng predestinasyon ay kabanalan, hindi pribileheyo. Ang pagtawag ng Diyos ay hindi sa piling

mga anak ni Adan, ngunit sa lahat! Ito ang pagtawag na nais ng Diyos na maging sa sankatuhan, maging gaya ng Kanyang sarili (cf. I Thess. 5:23; II Thess. 2:13); sa Kanyang wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang gawin ang predestinasyon na isang teolohikal na naisin sa halip na banal na buhay ay isang trahedya. Madalas an gating teolohiya ay mas nagsasalita ng malakas kaysa sa biblikal na teksto.

Ang salita na "walang bahid dungis"(amōmos) o "Malaya sa karumihan" ay ginamit ni (1) Hesus (cf. Hebreo 9:14; I Pedro 1:19); (2) Zachariah at Elizabeth (cf. Lucas 1:6); (3) Pablo (cf. Filipos 3:6); at (4) ang lahat ng totoong mga Kristyano (cf. Filipos 2:15; I Thess. 3:13;5:23). Ang hindi mababagong kaloobanng Diyos sa bawat Kristyano ay hindi lamang langit pagkatapos, ngunit ang pagiging wangis ni Kristo ngayon (cf. Roma 8:29-30; Galacia 4:19; I Pedro 1:2). Ang mga mananampalataya ay dapat na nagpapakita ng mga katangian ng Diyos sa ligaw na mundo sa layunin ng ebanghelismo

Amg gramatikal na talatang "sa pag-ibig" ang talatang ito ay maaring alinman sa v. 4 o v. 5. Gayunman, kapag ang talata ay ginamit sa ibang lugar sa Efeso ito ay laging tumutukoy sa pag-ibig ng tao para sa Diyos (cf. 3:17; 4:2,15,16).

C. Sa Efeso 1:5 ang talatang "tayo'y itinalaga Niya" ay isang AORIST AKTIBONG PANTUKOY. A n g Griyegong salita ay isang tambalang ng "bago pa" at "nilagyan ng tanda." Ito ay tumutukoy sa pinagisipang planong pagtutubos ng Diyos (cf. Lucas 22:22; Gawa 2:23; 4:28; 17:31; Roma 8:29-30). Ang predestinasyon ay isa sa ilang mga katutuhanan sa kaligtasan ng sangkatuhan. Ito ay bahagi ng isang teolohikal na serye ng magkakaugnay ng mga katotohanan. Hindi kailanman pinagdiinan na isolasyon! Ang Biblikal na katotohanan ay ibinigay sa isang seryo ng puno ng tensyon, na kabalintunaang mga pares. Ang Denominalismo ay may pagkiling na tanggalin ang biblikal na tensyon sa pamamagitan ng pagdidiin lamang ng isa sa mga dialektikal ng mga katotohanan (predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao; seguridad ng mananampalataya laban sa pagsusumigasig ng mga banal; orihinal na kasalanan laban sa bolisyonal na kasalanan; ang pagkakawalang sala laban sa nababawasang pagkakasala; kagyat na pagdedeklara ng kabanalang laban sa progresibong pagpapaging banal; pananampalatay laban sa mga gawa; Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad; transedente laban sa imanente).

Ang pagpili ng Diyos ay hindi batay sa pasimulang kaalaman lamang sa patungkol sa pagsasagawa ng tao, ngunit sa Kanyang mapagbibiyang karakter (cf. vv. 9 & 11). Ninanais Niya na ang lahat (hindi lang ang iilang espesyal gaya ng mga Gnostik o ang makabagong panahon na ultr-Calvinists) ang siyang maliligtas (cf. Ezekiel 18:21-23,32; Juan3:16-17; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9). Ang biyaya ng Diyos (karakter ng Diyos) ang teolohikal na susi sa talatang ito(cf. vv. 6a, 7c, 9b), gaya ng sa ang awa ng Diyos ang siyang susi sa ibang talata ng predestinasyon, Roma 9-11.

Ang tanging pag-asa ng makasalanang tao ay ang biyaya at awa ng Diyos (cf. Isaias 53:6 at ilang ibang mga OT na mga teksto sa Roma 3:9-18). Krusyal sa pagiinterpret nito ay ang teolohikal na mga kabanata na kung uunawain, ay pinagdidiinan ni Pablo yaong mga bagay na walang kinalaman sa pagsasagawa ng tao: predestinasyon (kab. 1), biyaya (kab. 2), at ang eternal plano ng Diyos sa pagtutubos (misteryo, 2:11- 3:13). Ito ay pangkontrang balance sa pagdidiin ng mga huwad na guro sa makataong biyaya at pagmamataas.

▣ **"ay hindi mapahamak"** Ang implikasyon ay ang ilan ay mapapahamak (AORIST GITNANG PASAKALI). Ang kanilang pagkapahamak (*amollumi*, AORIST GITNANG PASAKALI) ay direktang may kauganayan sa kanilang kakulangan ng pananampalatayang pagtugon kay Hesus (cf. 11:25). Ang Diyos day hindi pinagmumulan, umaakay , o ginusto ang kanilang hindi paniniwala (cf. Ezekiel 18:23,32; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9).

Marami ang nagtangkang tanggapin ang salitang ito ng literally at sa gayon ay nagmumungkahi ng anihilasyon ng mga masasama. Ito ay sasalungat sa Dan. 12:2 at Mateo 25:46. Ito ay magandang halimbawa ng sinserong mananampalataya na pinipilit ang mataas na uri ng matalinghagang literatura ng silangan patungo sa kanluraning ayos ng interpretasyon (literal at lohikal). Para sa isang magandang talakayan sa salitang ito tignan Robert B. Girdlestone's *Synonyms of the Old Testament*, pp. 275-277. Tignan Natatanging Paksa: Pagkawasak (*apolummi*) sa 10:10.

Muli, pansinin kung paano si Juan mag-isip at magsulat sa dualistik na kategorya (i.e., mapahamak laban buhay na walang hanggan). Ang bokabularyo at teolohikal na estruktura ng mga katuruan ni Hesus ay napakaiba sa mga Sinoptikong Ebanghelyo at kay Juan. Magtataka ang ilan kung gaanong kalayaan (sa ilalim ng banal na paggagabay, i.e., inspirasyon) mayroon ang mga manunulat ng Ebanghelyo sa paghahanda ng kanilang ebanghelikong presentasyon kay Hesus para sa kanilang mga piling madla. Tignan Gordon Fee at Douglas Stuart, *How To Read The Bible For All Its Worth*, pp. 127-148.

**3:17 "upang hatulan ang sanglibutan"** Ito ang ilan sa mga talata sa Juan na nagsasaysay na si Hesus ay dumating bilang isang Tagapagligtas, hindi Hukom (cf. 3:17-21; 8:15;12:47). Gayunpaman, may ibang mga talata sa Juan na nagsasaysay na si Hesus ay dumating upang humatol, manghatol (cf. 5:22-23,27; 9:39; gaya ng sa ibang bahagi ng NT, Gawa 10:42; 17:31; II Timoteo 4:1; I Pedro 4:5).

Ilang mga teolohikal na mga komento ay ayon sa pagkakasunod-sunod.

1. Ang Diyos ay nagbigay ng paghahatol kay Hesus gaya ng ginawa Niya sa san nilikha at pagtutubos bilang tanda ng

karangalan (cf. 5:23)

2. Si Hesus ay hindi dumating sa unang pagkakataon upang humatol, ngunit upang magligtas (cf. 3:17), ngunit sa katotohanan na ang mga tao ay tinanggihan Siya, sila na ang naghatol sa kanilang mga sarili
3. Si Hesus ay babalik bilang isang Hari at Hukom (cf. 9:39)

**3:18** Ang talatang ito ay umuulit sa tema ng walang bayad na kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo laban sa pansariling pagpapahirap na hatol. Ang Diyos ay hindi nagpandala ng mga tao sa impyerno. Dinala nila ang kanilang mga sarili. Ang paniniwala ay may tuloy-tuloy na mga resulta ("naniniwala," PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANTUKOY) at ganun din ang kawalang pananampalataya ("ay nahatulan na," GANAP PABALINTIYAK NA INDIKATIBO at "hindi nanampalataya," GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO). Tignan Natatanging Paksa sa 2:23 at 9:7.

**3:19-21 "inibig pa ng mga tao ang kadiliman kay sa ilaw"** Marami sa mga tao na nakarinig ng ebanghelyo ay tinanggihan ito, hindi sa intelektwal o kultural na kadahilanan, bagkus una sa lahat ay dahil sa moralidad (cf. Job 24:13). Ang ilaw ay tumutukoy kay Kristo (cf. 1:9; 8:12; 9:5; 12:46) at sa Kanyang mensahe patungkol sa pag-ibig ng Diyos, pangangailangan ng sangkatauhan, probisyon ni Kristo, at ang kinakailangang pagtugon. Ito ang pabalik-balik na paksa mula sa 1:1-18.

**3:19 "At ito ang kahatulan"** Ang paghahatol, gaya ng kaligtasan, ay parehong pangkasalukuyang realidad (cf. 3:19; 9:39) at isang panghinaharap na katuparan (cf.5:27-29; 12:31,48). Ang mga mananampalataya ay namumuhay sa nangyari na(inunawang ekastolohiya) at ang hindi pa (tinupad na ekastolohiya). Ang Kristyanong buhay ay isang kagalakan at teribleng pakikibaka: it ay katagumpayan pagkatapos ng mga serye ng kabiguan: katiyakan ngunit mga serye ng mga babala patungkol sa pagsusumigasig!

**3:21 "gumagawa ng katotohanan"** Dahil sa "ang Ilaw" (cf. vv. 19,20[twice],21) ay kapansin-pansing pantukoy kay Hesus, posible na "ang katotohanan" na napat na palakihin. Si Robert Hanna sa kanyang *A Grammatical Aid to the Greek New Testament* ay sinipi si N. Turner sa kanyang *Grammatical Insights into the New Testament,* na nagsalin nito sa "ang tao na siyang disipulo ng Katotohanan" (p. 144).

Sa teolohikal ang talatang ito ay nagpapahayag ng kaparehong katotohanan sa Mateo 7. Ang walang hanggang buhay ay may kapuna-punang mga katangian. Ang isang tao ay hindi tunay na makatagpo sa Diyos kay Christ, maging puspos ng Banal na Espiritu, at manatiling hindi nagbabago. Ang parabola ng mga lupa ay nagpopokus sa pamumunga, hindi sa pagpapayabong (cf. Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8. Ay nagpuna din sa pagtatalakay ni Juan sa 15:1-11). Ang mga gawa ay hindi makaka-ani ng kaligtasan, ngunit ang mga ito ay ebidensya nito (cf. Efeso 2:8-9,10).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang kahulugan sa talata ng "ipanganak namang muli"?
2. Ano sa tingin mo ang "tubig" tumutukoy sa talata 5 at bakit?
3. Ano ang nagsasangkot sa "manampalataya" (nakaliligtas na pananampalataya)?
4. Ang Juan 3:16 ba ay talata patungkol sa pagibig ni Hesus sa sangkatauhan o sa Ama?
5. Paano ang Calvinism maiuugnay sa Juan3:16?
6. Ang "mapahamak" ba ay nangangahulugang anihilasyon?
7. Ipaliwanag "ang ilaw."

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 22-36

A. Si Juan ay nagdiin sa buong kabanalan ni Hesu Kristo ay ipinababatid sa pinakasimula pa lang ng Ebanghelyo sa pamamagitan ng dyalogo at personal na mga engkwentro. Ang kabanata ay nagpatuloy sa ganyang ayos.

B. Si Juan, na nagsusulat sa kanyang Ebanghelyo sa huling bahagi ng unang siglo, ay tinalakay ang ilan sa mga katanungan na nabuo mula ng ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay naisulat. Ang isa dito ay may kinalaman sa malayang sumusunod at tila pasimulang kasinungalingan na inuugnay kay Juan Bautista (cf. Gawa 18:24-19:7). Isang makabuluhan na sa 1:6-8, 19-36 at 3:22-36 si Juan Bautista ay tinanggap ang kanyang mas mababang relasyon kay Hesus ng Nazaret at tinatanggap ang makaMesias na tungkulin ni Hesus.

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

**NASB (BINAGO) TEKSTO: 3:22-24**
**[22]Pagkatapos ng mga bagay na ito ay nagsiparoon si Hesus at ang kaniyang mga alagad sa lupain ng Judasa; at doon siya tumira na kasama nila, at bumabautismo. [23]At bumabautismo rin naman si Juan sa Enon na malapit sa Salim, sapagka't doo'y maraming tubig: at sila'y nagsiparoon, at nangabautismuhan- [24]Sapagka't hindi pa ipinapasok sa bilangguan si Juan**

**3:22 "nagsiparoon sa lupain ng Judasa"** Ang pasimulang ministeryong ito sa parehong Judasa at Galilea ay hindi tinalakay sa mga Sinoptikong Ebanghelyo. Ang mga Ebanghelyo ay hindi kronolohikal na biograpiya nThe I Kristo. Tignan Gordon Fee at Douglas Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 127-148.

▣ **"doon siya tumira na kasama nila,** Si Hesus ay nangaral sa mga tao ngunit nakipagdyalogo ng matindi sa Kanyang mga disipulo. Ibinuhos Niya ang Kanyang sarili sa kanila. Ang metodolihiyang ito ay ang pokus ng dalawang kahanga-hangang mga aklat ni Robert E. Coleman, *The Master Plan of Evangelism* at *The Master Plan of Discipleship*, parehong mga akalt ay nagdidiin sa personal na pakikisalamuha ni Hesus sa maliit na grupo!

▣ **"at bumabautismo"** Natutunan natin mula sa 4:2 na si Hesus mismo ay hindi nagbautismo, ngunit ang Kanyang mga disipulo. Ang mensahe ni Hesus ay sa una ay kagaya ng sa mensahe ni Juan Bautista. Ito ay mensahe ng OT sa pagsisisi at preperasyon. Ang bautismo na binanggit dito ay hindi Kristyanong bautismo bagkus isang bautismo na nagsisimbolo ng pagsisisi at esperitwal na pagtanggap.

**3:23 "At bumabautismo rin naman si Juan sa Enon na malapit sa Salim"** Ang lokasyon ng lugar na ito ay hindi tiyak.
1. ang ilan ay naniniwala na ito ay nasa Perea sa daanan ng pook ng Jordan
2. ang ilan ay naniniwala na ito ay nasa hilagang silangan ng Samaria
3. ang ilan ay naniniwala na ito nasa tatlong milyang silangan ng bayan ng Shechem

Dahil sa ang "aenon" ay tila nangangahulugang "batis," #3 ang tumutugma ng mahusay. Anuman ang eksaktong lokasyon, si Hesus ay nagmiministeryo sa Judasa at si Juan ay saibang lugar na may maikling layo sa hilaga Niya.

**3:24 "[24]Sapagka't hindi pa ipinapasok sa bilangguan si Juan"** Hindi tiyak kung bakit ang kronolohikal na tala na ito ay naidagdag sa puntong ito. Ang ilan ay nagsasabi na ito ay pagtatangka na pagpanabayin ang kronolohiya ni Juan sa mga Sinoptiks (cf. Mateo 14:1-12; Marcos 6:14-29). Ang tungkulin nito ay isang paraan sa pagpepetsa ng engkwentrong ito sa buhay ni Kristo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 3:25-30**
**[25]Nagkaroon nga ng isang pakikipagtalo ang mga alagad ni Juan sa isang Hudyo tungkol sa paglilinis [26]At sila'y nagparoon kay Juan, at sa kaniya'y sinabi, Rabi, yaong kasama mo sa dako pa roon ng Jordan, na binigyan mong patotoo, narito, siya'y bumabautismo, at ang lahat ng mga tao'y nagsisiparoon sa kaniya." [27]Sumagot si Juan at sinabi, Hindi makatatanggap ng anoman ang isang tao, malibang ito'y ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit. [28]"Kayo man ay magsisisaksi sa akin, na aking sinabi, Hindi ako ang Kristo, kundi, na ako'y sinugo sa unahan niya' [29]"Ang nagtatangkilik sa kasintahang babae ay ang kasintahang lalake: datapuwa't ang kaibigan ng kasintahang lalake, na nakatayo at nakikinig sa kaniya, ay nagagalak na lubos dahil sa tinig ng kasintahang lalake: ito ngang aking kaligayahan ay naganap.. 30 " Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba**

**3:25** "mayroong nabubuhay na diskusyon sa parte ng mga disipulo no Juan kasama ng mga Hudyo" "Diskusyon" (NASB, NRSV, NJB) ay isang malakas na salita para sa "kontrobersya" o "konprontasyon." Ilang mga Griyegong mga manuskrpito ay mayroong PANGMARAMIHAN "mga Hudyo." Ang sinaunang mga Griyegong mga manuskripto ay nahahati ng pantay-pantay. Dahil sa ang PANG-ISAHAN ay mas hindi karaniwan (i.e., MSS $P^{25}$, $א^{2}$, A, B, L, W), ito ay marahil sa orihinal. $UBS^{4}$ [a] ay binibigyan ito ng "B" na uri (halos tiyak). Ang pagkahilig ng sinaunang mga eskriba na pagtugmain at paglapatin ang mga teksto. Nakakaliw na pansinin na ang mga disipulo ni Juan marahil ang nag-udyok sa argumentong ito

▣
**NASB, NKJV,**
**NRSV, NJB** **"tungkol sa paglilinis "**
**TEV** **"sa usapain ng ritwal na paghuhugas"**

Mayroong mga ilang mga teorya patungkol sa pokus ng pagtatalong ito (NKJV).
1. posibleng ang mga tagasunod ni Juan ay nag-uusap patungkol sa relasyon ng bautismo ni Juan at Hesus at anu angkaugnayan nito sa pangHudyong tradisyon ng paghuhugas: ang kaparehong salita ay ginamit sa 2:6.

2. ang ilan ay naniniwala na ito ay nauugnay sa kagyat na konteksto na kung saan si Hesus ay nagtuturo na ang Kanyang buhay at ministeryo ay tumutupad sa Judaismo
   a. 2:1-12, ang kasalan sa pyesta ng Canaan
   b. 2:13-22, ang paglilinis sa templo
   c. 3:1-21, ang usapan kasama si Nicodemo, ang pinuno ng mga Hudyo
   d. 3:22-36, ang paghuhugas sa mga Hudyo at ang pagbabautismo ni Juan Bautista at si Hesus.

Ang katotohanan na ang konteksto ay hindi lumawak ng tiyak sa partikular na diskusyong ito ay nagpapalinaw sa katotohanan na ito ay nagbibigay ng isa pang pagkakataon para kay Juan na Tagabauitismo na pagpatotoo patungkol sa pagiging sukdula ni Hesus ng Nazaret.

**3:26 "na binigyan mong patotoo, narito, siya'y bumabautismo, at ang lahat ng mga tao'y nagsisiparoon sa kaniya"** Ang mga disipulo ay naalala ang naunang testimonya ni Juan patungkol sa Kordero ng Diyos (cf. 1:19-36), at sila ay parang nakaramdam ng konting inggit sa katumpayan na yaon (eksaherasyon) ni Hesus. Si Hesus ay sensitibo rin sa anumang espiritu ng kompetisyon (cf. 4:1).

**3:27 "Hindi makatatanggap ng anoman ang isang tao, malibang ito'y ipinagkaloob sa kaniya mula sa langit"** Ito ay napakaderetsong pahayag ng pag-amin na walang kompetisyon sa mga espiritwal na bagay. Lahat ng mayroon ang mananampalataya ay ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Gayunpaman, mayroon malaking diskusyon sa kung anu ang kahulugan ng "ito" at "kanya."

1. ay ilan ay nagsasabi na ang "kanya" ay tumutukoy sa mananampalataya at ang "ito " ay tumutukoy sa sinomang lumalapit kay Kristo para sa kaligtasan (ang Diyos ay nangunguna, ang mga tao ay tumutugon lamang, cf. Juan 6:44,65)
2. ang iba ay naniniwala na ang "kanya" ay tumutukoy kay Hesus at ang "ito" ay tumutukoy sa mga mananampalataya (cf. Juan 6:39; 10:29; 17:2,9,11,24)

Ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang pananaw na ito ay ang salitang " ibinigay" ay tumutukoy alinman sa kaligtasan ng indibidwal na mananampalataya o ang lahat ng mga mananampalataya mismo ay kaloob mula sa Diyos kay Hesus (cf. 17:2).

**3:28 "Hindi ako ang Kristo"** Si Juan Bautista ay nagpapatibay ng tiyak, gaya ng ginawa niya sa 1:20, na hindi siya ang Mesias, ngunit ang tagapagpauna. Ito ay kapansin-pansin na alusyon sa mga makapropetang talata ng Malakias 3:1; 4:5-6, sinamahan ng Isaias 40 (cf. Juan1:23). Tignan puna sa "Mesias" sa 1:20 at Natatanging Paksa sa 4:25.

**3:29 "Ang nagtatangkilik sa kasintahang babae ay ang kasintahang lalake"** Nakayayanig na mayroong napakaraming mga OT na alusyon sa metaporang kasalang ito na naglalarawan sa relasyon sa pagitan ng Diyos at Israel (cf. Isaias 54:5; 62:4,5; Jeremias 2:2; 3:20; Ezekiel 16:8; 23:4; Osea 2:21). Si Pablo ay gumagamit nito sa Efeso 5:22ff. Ang Kristyanong pag-aasawa ay maaring pinakamahusay na modernong halimbawa ng isang tipanang relasyon.

▣ **"ito ngang aking kaligayahan ay naganap"** Ang PANGALAN "kaligayahan" at PANDIWA "lumigaya" ay ginamit ng tatlong beses sa talata ito. Sa halip na magkaroon ng mapagkompetensyang espiritu, si Juan Bautista ay kapansin-pansing kinilala ang kanyang lugar at lumigaya kay Hesus.

**3:30 "Siya'y kinakailangang dumakila, nguni't ako'y kinakailangang bumaba"** Ang salita " kinakailangang" (*dei*) dito ay mahalaga. Ito ay nagamit na sa 3:14 at 4:4. Ito ay malakas na pagpapatibay sa kaunawaan ni Juan sa kanyang sarili bilang isang simpleng tagapagpauna ng mas higit at mas mahalagang ministeryo ni Hesus.

## NASB (BINAGO) TEKSTO: 3:31-36

**[31]"Ang nanggagaling sa itaas ay sumasaibabaw ng lahat: ang galing sa lupa ay taga lupa nga, at ang ukol sa lupa ang sinasalita niya: ang nanggagaling sa langit ay sumasaibabaw ng lahat. [32]"At kaniyang nakita at narinig, ay siyang pinatototohanan niya; at walang taong tumatanggap ng kaniyang patotoo. [33]"Ang tumatanggap ng kaniyang patotoo ay naglagay dito ng kaniyang tatak, na ang Diyos ay totoo. [34]"Sapagka't ang sinugo ng Diyos ay nagsasalita ng mga salita ng Diyos: sapagka't hindi niya ibinibigay ang Espiritu sa pamamagitan ng sukat [35]"Sinisinta ng Ama ang Anak, at inilagay sa kaniyang kamay ang lahat ng mga bagay. [36]Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay, kundi ang poot ng Diyos ay sumasa kaniya."**

**3:31-36** Mayroong matinding diskusyon sa mga komentarista patungkol sa mga talatang ito

1. Ang patuloy na pasalitang pagpapatibay ni Juan Bautista
2. ang mga salita ni Hesus (cf. 3:11-12)
3. ni Juan na Apostol

Ang mga talatang ito ay bumabalik sa tema vv. 16-21.

**3:31 "Ang nanggagaling sa itaas "** Napakahalaga na ang dalawang titulong ginamit para sa Mesias ay nagdidiin ng Kanyang pre-eksistent at buong pagkaDiyos (ipinahiwatig sa v. 31), at ang Kanyang pagkakatawang tao at bigay ng Diyos na misyon (ipinahiwatig sa v. 34). Ang salitang "nanggaling sa itaas" ito ay kaparehong salita na ginamit sa talatang "muling pagkabuhay" o "ipinanganak mula sa itaas" sa v. 3.

Ang dualismong ito ng itaas at ibaba, ng kaharian ng Diyos at pandaigdig na kaharian ng sangkatauhan, ay katangian ng Juan. Ito ay iba sa ekastolohikal na dualismo ng Dead Sea Scrolls. Ito rin ay iba mula sa Gnostik na dualismo ng espiritu at materyal. Sa Juan ang nilikha mismo at ang katawan ng tao ay hindi ito at sarili nila ay masama ay makasalanan.

▣ **"sumasaibabaw ng lahat… sumasaibabaw ng lahat"** Ang unang parte ng talata ito ay tumutukoy sa pagkaDiyos ni Hesus at pre-eksistent, nagmula sa langit (cf. 1:1-18; 3:11-12). Ang ikalawang parte ng talatang ito ay nagpapatibay na Siya ang Diyos sa Kanyang mga nilikha. Hindi tiyak mula sa Griyegong teksto kung ang "lahat" PANLALAKE o NEUTER, tumutukoy sa lahat ng sangkatauhan o lahat ng bagay. Ang ikalawang "sumasaibabaw sa lahat" ay nawawala sa ibang mga Griyegong teksto. Ang UBS4 hindi makapagdesisyon sa pagdagdag nito, ngunit ang tekstwal na kritisismo ay ipinapalagay na (tigna Apendise Dalawa) mas pinili ang pagdagdag nito.

▣

**NASB** **"ang galing sa lupa ay taga lupa nga, at ang ukol sa lupa ang sinasalita niya"**
**NKJV** **"ang galing sa mundo ay tagamundo nga, at nagsasalita ng sa mundo"**
**NRSV** **"Ang isang tagadaigdig at nagmula sa daigdi, nagsasalita ng tungkol sa pandaigdig na mga bagay"**
**TEV** **"siya na nagmula sa mundo ay nanggagaling sa mundo at nagsasalita patungkol sa makamundong mga bagay"**
**NJB** **"siya na sa mundo ay makamundo mismo at nagsasalita ng makamundong paraan"**

Hindi ito negatibong pahayag patungkol kay Juan. Ang salita para sa daigdig dito (gē, 12:32; 17:4; I Juan5:8, ngunit 76 na beses sa Pahayag) ay hindi kapareho ng salita "mundo" (*kosmos*), na madalas na ginagamit ng negatibo ni Juan. Ito ay simpleng pagpapatibay na si Hesus ay nagsasalita ng ayon sa Kanyang nalalaman, langit, habang ang tao ay nagsasalita ng ayon sa kanilang nalalaman, daigdig. Samakatwid, ang testimonya ni Hesus ay higit na mas mataas kaysa sa anumang propeta o guro ng mundo (cf. Hebreo 1:1-4).

**3:32 "At kaniyang nakita at narinig, ay siyang pinatototohanan niya"** Mayroong isang paglalaro sa PANDIWANG PAMANAHON sa talata ito : (1) "nakita" ay GANAP NA PAMANAHON; (2) "narinig" ay AORIST PAMANAHON; at (3) "pinatotohanan" ay PANGKASALUKYANG PAMANAHON. Si Hesus ay sukdulang kapahayagan ng Diyos (cf. I Corinto 8:6; Colosas 1:13-20; Hebreo 1:2-3). Nagsasalita siya ng (1) Kanyang personal na karanasan na kasama ang Diyos Ama at (2) sa Kanyang sariling pagkaDiyos.

▣ **"at walang taong tumatanggap ng kaniyang patotoo"** Ito ay isang PANGSILANGANG labis na pananalita dahil sa vv. 23-26 ay nagbabanggit na maraming tao ang lumapit sa Kanya. Ang talatang ito ay tumutukoy sa Judaismo sa pangkalahatan (cf. 3:11),hindi lamang sa kagyat na konteksto.

**3:33 "Siya na "** Ito ay nagpapakita ng pangkalahatan, walang limitasyong pag-ibig ng Diyos sa lahat ng tao. Walang mga hadlang na nakakabit sa ebanghelyo ng Diyos; dapat na magsisi at manampalataya ang bawat isa (cf. Marcos 1:15; Gawa 20:21), ngunit ang alok ay bukas para sa lahat (cf. 1:12; 3:16-18; 4:42; I Timoteo 2:4; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan2:1; 4:14).

▣ **"tumatanggap ng kaniyang patotoo"** Ang talata 33 ay isang AORIST PANTUKOY, habang ang v. 36 ay isang PANGKASALUKUYANG PANTUKOY. Ito ay nagpapakita na ang pagtitiwala sa Diyos para sa kaligtasan ay hindi lamang na pasimulang pagdedesisyon, ngunit ito rin ay isang buhay ng pagdidisipulo. Ito ay kaparaheong pagpapatibay ng pangangailangan ng pagtanggap na nauna ng nabanggit sa parehong 1:12 at 3:16-18. Pansinin ang dikotomo sa pagitan ng pagtanggap ng testimonya (v. 33) at patuloy na paglakad dito (v. 36). Ang salitang "tumatanggap," gaya ng sa salita ng "pananampalataya," ay may dalawang konotasyon sa NT.

1. personal na tumatanggap ka Kristo ay paglalakad sa Kanya
2. pagtatanggap sa mga katotohanan at mga doktrina na nasasangkot sa Ebanghelyo (cf. Judas, 3,20)

▣

**NASB** **"Ang tumatanggap ng kaniyang patotoo ay naglagay dito ng kaniyang tatak, na ang Diyos ay totoo"**
**NKJV, NRSV** **"ay nagpatunay na ang Diyos ay totoo"**
**TEV** **"pinatutunayan sa pamamagitan nito na ang Diyos ay makatotohanan "**
**NJB** **"ay nagpapatunay na ang Diyos ay totoo"**

Kapag ang mananampalataya ay inilagak ang kanilang personal na pagtitiwala kay, pinagtitibayan nila ang mensahe ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili, sa mundo, sa sangkatauhan, at sa Kanyang Anak, ay totoo (cf. Roma 3:4). Ito ay pabalik-

balik na tema sa Juan(cf. 3:33; 7:28; 8:26; 17:3; I Juan5:20). Si Hesus ay totoo sapagkat Siya ay sukdulang nagpagpapahayg ng isang tunay na Diyos (cf. 3:7,14; 19:11). Para sa PANDIWA "tatak" (AORIST AKTIBONG INDIKATIBO) tignan Natatanging Paksa na sumusunod.

## NATATANGING PAKSA: TATAK

Ang tatak ay maaaring isang sinaunang paraan ng pagpapakita ng

1. katotohanan (cf. Juan3:33)
2. pagmamay-ari (cf. Juan 6:27; II Timoteo 2:19; Pahayag 7:2-3)
3. seguridad oproteksyon (cf. Genesis 4:15; Mateo 27:66; Roma 15:28; II Corinto 1:22; Efeso 1:13; 4:30)
4. ito rin ay maaring tanda ng realidad ng pangako na kaloob ng Diyos (cf. Roma 4:11 and I Corinto 9:2)

Ang layunin ng tatak na ito ay upang kilalanin ang tao ng Diyos nang sa gayon ang bagsik ng Diyos ay hindi makaapekto sa kanila. Ang tatak ni Satanas ay kumikalala sa kanyang mga tao, na siyang obhektibo ng bagsik ng Diyos. Sa Pahayag "tribulasyon" (i.e., *thlipsis*) ay laging ang mga hindi mananampalataya na nagpapahirap sa mga mananampalataya , habang ang bagsik/galit (i.e., *orgē*or *thumos*) ay laging sa hatol ng Diyos sa mga hindi mananampalataya upang sila ay magsisi at bumalik sa pananampalataya kay Kristo. Ang positibong layuning ito ng paghuhukom ay makikita sa tipanang pagsusumpa/pagpapala ng Deuteronomio 27-28.

Ang talatang "ang buhay na Diyos" ay isang paglalaro sa titulong YHWH (cf. Exodo 3:14; Awit 42:2; 84:2; Mateo 16:16). Ang kaparehong salitang paglalarong ito ay madalas na makikita sa mga biblikal na sumpaan, "hanggang sa ang Diyos ay nabubuhay."

**3:34 "Sapagka't ang sinugo ng Diyos ay nagsasalita ng mga salita ng Diyos"** Mayroong dalawang kahanay na mga pangungusap sa v. 34 na nagpapakita n gang awtoridad ni Hesus ay nagmula sa Diyos

1. Ang Diyos ang nagsugo sa Kanya
2. Siya ay may kapuspusan ng Espiritu

▣ **"sapagka't hindi niya ibinibigay ang Espiritu sa pamamagitan ng sukat "** Ang pahayag na ito ay literal na isang negatibong anyo, ngunit ang mambabasa sa Englis ay sa positibong anyo nakuha ang kahulugan. Mayroong dalawang magkakaibang paraan upang unawain ang kapuspusan ng Espiritu: ang ilan ay naniniwala na

1. Si Hesus ay nagbibigay ng kapuspusan ng Espiritu sa mga mananampalataya (cf. 4:10-14; 7:37-39)
2. na ang kapuspusan ng Espiritu ay tumutukoy sa kaloob ng Diyos na Mesias (cf. v. 35)

Ang mga rabi ay ginamit ang salitang "sukat" upang ilarwan ang pagbibigay inspirasyon ng Diyos sa mga propeta. Ang mga rabi ay nagdagdag din na walang propeta ay mayroong buong sukat ng kapuspusan ng Espiritu. Samakatwid, si Hesus ay higit na mas mataas sa mga propeta (cf. Hebreo 1:1-2) at, gayon nga ay, buong kapahayagan ng Diyos.

**3:35 "Sinisinta ng Ama ang Anak"** Ang pagpapatibay na ito ay inulit sa 5:20 at 17:23-26. Ang relasyon ng mga mananampalataya sa Diyos ay nakapundasyon sa Kanyang pag-ibig para sa Mesias (ang natatanging Anak, cf. Hebreo 1:2; 3:5-6; 5:8; 7:28). Pansinin na ang bilang ng mga dahilan na nakasaad sa kontekstong ito kung bakit ang tao ay dapat na magtiwala kay Hesus bilang isang Mesias.

1. sapagkat Siya ay nagmula sa itaas at pinakamataas sa lahat (v. 31)
2. sapagkat Siya ay sinugo mula sa Diyos para sa misyon ng pagtutubos (v. 34)
3. sapagkat ang Diyos ay patuloy na nagbibigay sa Kanya ng kapuspusan ng Espiritu (v. 34)
4. sapagkat ang Diyos ay nagmamahal sa Kanya (v. 35)
5. sapagkat ang Diyos ay inilagay ang lahat ng bagay sa Kanyang mga kamay (v. 35)

Mayroong ilang mga Griyego mga salita para sa "pagsinta" na nangangahulugang ng magkaibang makataong relasyon. *Agapaō* at *phileō* ay mayroong semantikong pagkakapatong. Parehong ginamit upang ilarawan ang pag-ibig ng Ama para sa Anak.

1. 3:35; 17:23,24,26 – *agapaō*
2. 5:20 – *phileō*

Doon ay parang mayroong kontekstwal na kaibahan sa dyalogo ni Hesus kay Pedro sa 21:15-17. Tandaan, konteksto, konteksto, konteksto," hindi mga leksikon/diksyonaryo, ang nagdedetermina sa kahulugan ng salita!

▣ **"at inilagay sa kaniyang kamay ang lahat ng mga bagay"** Ito ay GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO. Ito ay isang Hebreong idyoma para sa kapangyarihan o awtoridad laban sa iba (i.e., 10:28; 13:3; Gawa 4:28; 13:11). Ito ay lubhang nakakaaliw na talata at may ilang daming mga kahanay (cf. Juan17:2; Mateo 11:27; 28:18; Efeso 1:20-22; Colosas 2:10; I Pedro 3:22).

**3:36**

**NASB** **"Ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; nguni't ang hindi tumatalima sa Anak ay hindi makakakita ng buhay"**

**NKJV** **"Siya na sumasampalataya sa Anak ay mayroong buhay na walang hanggan; at siya na hindi sumasampalataya sa Anak ay hindi masusumong ng buhay"**

**NRSV** **"Sinomang ang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; sinomang ang sumuway sa Anak ay hindi makasusumpong ng buhay"**

**TEV** **"Sinomang sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan; sinomang sumuway ay hindi magkakaroon ng buhay"**

**NJB** **"Kung sinoman na sumasampalataya sa Anak ay may buhay na walang hanggan, ngunit kung sinoman ay tumanggi na maniwala sa Anak ay hindi makakakita ng buhay"**

Ang PANDIWANG ito ay pawang lahay na PANGKASALUKUYANG AKTIBO na nagsasalita ng kasalukuyang pag-aksyon. Ang pananampalatay ay higit pa sa isang pagdedesisyon gaano man ka sensiro o kaemosyonal ito (cf. Mateo 13:20). Ito ay nagpapatibay na kung walang pagkakilala kay Hesus, ang isa ay hindi makakakilala sa Ama (cf. Juan12:44-50 and I Juan5:10). Ang Kaligtasan ay nagmumula lamang sa nagpapatuloy na pakikipagrelasyon kay Hesus, ang Anak (cf. 10:1-18;14:6).

Ang PANGKASALUKUYANG PAMANAHON hindi lamang nagsasalita sa nagpapatuloy na pagsasagawa, ngunit sa kasalukyang realidad ng kaligtasan. Ito'y isang bagay na ang mananampalataya meron ngayon, ngunit hindi ito buong nararanasan. Ito ay isang dualismo ng "nangyari na" laban sa "hindi pa nangyayari" ng dalawang panahon (tignan Natatanging Paksa: Ang Panahon na ito at ang Parating na Panahon sa I Juan2:17). Tignan Natatanging Paksa: Pandiwang Pamanahon na ginamit para sa Kaligtasan sa 9:7.

Nakakaaliw rin na pansinin ang pagkakasalungat ng "manampalataya" at "sumunod" sa talatang ito. Ang Ebanghelyo ay hindi lamang isang persona na siya nating tinanggap at isang katotohanan na ating tinanggap, ngunit ito rin ay buhay na ating ipinamumuhay (cf. Lucas 6:46; Efeso 2:8-10).

▣ **"kundi ang poot ng Diyos ay sumasa kaniya** Ito lamang ang nag-iisang lugar kung saan ang mga kasulatan ni Juan (maliban sa 5 beses sa Pahayag) kung saan ang salitang "bagsik" (*orgē*) lumitaw. Ang konsepto ay kariniwan at madalas na may kaugnayan sa salitang "paghuhukom." Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. "Manampalataya," "pagsunod," at "bagsik" ay mga pangkasalukuyang mga realidad na mararanasan sa hinaharap. Ito ay kaparehong tensyon na namumuo sa pagitan ng "nangyari na" at sa "hindi pa" sa Kaharian ng Diyos. Para sa buong biblikal na talakayan sa bagsik ng Diyos basahin Roma 1:18-3:20.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Paanong ang pasimulang mensahe ni Hesus ay kagaya ng kay Juan Bautista?
2. Ang bautismo bang ito ay kagaya ng sa Kristyanong bautismo?
3. Bakit ang mga salita ni Juan Bautista ay nagdidiin ng higit sa mga unang kabanata ng Juan?
4. Ilarawan ang bilang ng uri ng pagsasalungat na ginamit ng may-akdang si Juan upang ilarawan ang relasyon sa pagitan ni Juan Bautista at si Hesus?
5. Paanong ang salitang "tumanggap" sa v. 33 naiuugnay sa salitang "sumasampalataya" sa v. 36? Paanong ang salitang "di-pagsunod" sa v. 36 naiuugnay sa talakayang ito?
6. Ilista ang bilang ng mga kadahilanan na binanggit kung bakit ang mga tao ay dapat na magtiwala kay Hesus ng Nazaret bilang kanilang tanging pag-asa sa kaligtasan? (mga talata 31-36)
7. Ipaliwanag kung bakit ang salitang "bagsik" sa talatang 36 ay isang PANGKASALUKYANG PAMANAHON NA PANDIWA.

# JUAN 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus at ang Babae sa Samaria | Ang Babaeng Samaritana Nakatagpo ang kanyang Mesias | Si Hesus at ang mga Samaritana | Si Hesus at ang mga Samaritana | Si Hesus sa mga Samaritana |
| 4:1-6 | 4:1-26 | 4:1-6 | 4:1-4 | 4:1-10 |
| | | | 4:5-6 | |
| 4:7-15 | | 4:7-15 | 4:7-8 | |
| | | | 4:9 | |
| | | | 4:10 | |
| | | | 4:11-12 | 4:11-14 |
| | | | 4:13-14 | |
| | | | 4:15 | 4:15-24 |
| 4:16-26 | | 4:16-26 | 4:16 | |
| | | | 4:17a | |
| | | | 4:17b-18 | |
| | | | 4:19-20 | |
| | | | 4:21-24 | |
| | | | 4:25 | 4:25-26 |
| | The Pinaputing Ani | | 4:26 | |
| 4:27-30 | 4:27-38 | 4:27-30 | 4:27 | 4:27-30 |
| | | | 4:28-30 | |
| 4:31-38 | | 4:31-38 | 4:31 | 4:31-38 |
| | | | 4:32 | |
| | | | 4:33 | |
| | Ang Tagapagligtas ng Mundo | | 4:34-38 | |
| 4:39-42 | 4:39-42 | 4:39-42 | 4:39-40 | 4:39-42 |
| | | | 4:41-42 | |
| Ang Pagpapagaling sa Anak ng Opisyal | Ang Pagtanggap sa Galilea | Si Hesus at ang mga Hentil | Si Hesus Pinagaling ang Anak ng Opisyal | Si Hesus sa Galilea |
| 4:43-45 | 4:43-45 | 4:43-45 | 4:43-45 | 4:43-45 |
| | Ang Anak ng Kilalang Tao ay Pinagaling | | | Ang paglunas sa Anak ng Maharlikang Opisyal |
| 4:46-54 | 4:46-54 | 4:46-54 | 4:46-48 | 4:46-53 |
| | | | 4:49 | |
| | | | 4:50-51 | |
| | | | 4:52-53 | |
| | | | 4:54 | 4:54 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-54

A. Mayroong isang panglayuning istruktura sa mga kabanata 3 at 4
   1. Si Ginoong Relihiyoso (Nicodemo) vs. Binibining Itinakwil (ang babae sa balon)
   2. Ang Judaismong nakabase sa Herusalem (Ortodoks) vs. Samaritanong Judaismo (heretikal)

B. Ang mga katotohanan patungkol sa persona at gawa ni Hesus ay mas malayong napaunlad sa pamamagitan ng
   1. dyalogo kasama ang babae sa balon (vv. 1-26);
   2. dyalogo kasama ang Kanyang mga disipulo (vv. 27-38);
   3. testimonya ng mga taganayon (vv. 39-42);
   4. pagtanggap ng mga Galileans (vv. 43-45);
   5. tanda/milagro ng kapangyarihan ni Hesus laban sa karamdaman, vv. 46-54.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 4:1-6

**1 Nang maalaman nga ng Panginoon na nabalitaan ng mga Fariseo na si Hesus ay gumagawa at bumabautismo ng lalong maraming alagad kay sa kay Juan 2 (Bagaman hindi bumabautismo si Hesus, kundi ang kaniyang mga alagad), 3 Nilisan niya ang Judea, at naparoong muli sa Galilea. 4 At kinakailangang magdaan siya sa Samaria. 5 Sumapit nga siya sa isang bayan ng Samaria, na tinatawag na Sicar, malapit sa bahagi ng lupang ibinigay ni Jacob kay Jose na kaniyang anak; 6 At naroon ang balon ni Jacob. Si Hesus nga, nang napapagod na sa kaniyang paglalakbay, ay naupong gayon sa tabi ng balon. Magiikaanim na nga ang oras.**

**4:1 "ang Panginoon"** Si Juan, na inaalala ang insedente sa kanyang isipan (sa paraan ng Espiritu) ng ilang taon ang nakalipas, ginagamit "Panginoon" at "Hesus" sa kaparehong pangungusap bilang pagtukoy sa iisang persona.

Ilang mga Griyegong manuskripto ay may "Hesus" ng dalawang beses sa v. 1 (i.e., א, D, NRSV, NJB, REB), ngunit ang "Panginoon" ay nasa MSS $P^{66,75}$, A, B, C, L (NASB, NKJV). Gayumpaman, maging sa mas higit na maganda manuskripto pagpapatunay para sa "Panginoon" ang $UBS^4$ ay iniligay ang "Hesus" sa teksto at binigyan ito ng "C" antas (hirap sa pagdedesisyon).

▣ **"ang mga Fariseo"** Tignan Natatanging Paksa sa 1:24.

▣ **"Nang maalaman nga ng Panginoon na nabalitaan ng mga Fariseo na si Hesus ay gumagawa at bumabautismo ng lalong maraming alagad kay sa kay Juan"** Ininwanan ni Hesus ang lugar na ito dahil sa posibleng tension sa pagitan ng Kanyang mga tagasunod at mga tagasunod ni Juan na Tagabautismo na inuudyukan ng mga Fariseo. Ang mga Sinoptiks ay nagsabi na Siya ay lumisan dahil si Herodes ng Antipas ay inaresto si Juan na Tagabautismo (cf. Mateo 4:12; Marcos 1:14; Lucas 3:20).

**4:2 "hindi bumabautismo si Hesus"** Hindi ito nakakasirang komento sa bautismo (cf. Mateo 28:19; Mga Gawa 2:38; 8:12; 16:33;22:16), ngunit isang pagkilala sa makasariling katangian ng sangkatauhan (i.e., "Ako ay binautismuhan ni Hesus" o Pablo, cf. I Corinto 1:17). Marahil si Hesus ay nagbautismo sa simula ng Kanyang ministeryo(cf. 3:22), ngunit sa kalaunay tumigil. Si Juan ay itinatama ang maling pahayag ng mga Fariseo.

**4:3 "Nilisan niya ang Judea, at naparoong muli sa Galilea"** Ito ay dalawang AORIST TAHAS NA na mga INDIKATIBO na ginamit upang magbigay diin sa heograpikal na paggalaw ni Hesus.

**4:4 "At kinakailangang magdaan siya sa Samaria"** "Kailangan" ay isang Griyegong PANDIWA *dei,* na ginamit ng ilang beses sa kontekstomg ito (cf. 3:7,14,30). Ito ay madalas na isinasalin sa "dapat" o "kinakailangan." Mayroong banal na layunin ang rutang ito para kay Hesus. Ito ang pinakamaikiling ruta; si Josephus ay nagsasabi sa atin na ang mga Hudyo mula sa Galilea ay madalas na ginagamit ang rutang ito. Gayumpaman, ang mga Hudyo ay galit sa mga Samaritana at ayaw na maglakad sa kanilang mga lupain sapagkat itinuturing nila ang mga ito na hating-lahing relihiyon.

## NATATANGING PAKSA: KAPOOTANG PANLAHI

I. Panimula
   A. Ito ay isang pangkalahatang ekspresyon ng makasalanang sangkatauhan sa loob ng kanyang lipunan. Ang kayabangang ito ng mga tao, na sinusuportahan ang kanyang sarili laban sa iba. Kapootang Panlahi ay, sa madaming paraan, ay modernong phenomena, habang ang nasyonalismo ( o pantribu) ay mas sinaunang ekspresyon.
   B. Nasyonalismo ay nagsimula sa Babel (Genesis 11) at orihinal na nauugnay sa tatlong mga anak ni Noah na kung saan nagmula ang pagkakaroon ng tatlong mga lahi (Genesis 10). Gayumpaman, kapuna-puna mula sa Kasulatan na ang mga tao ay nagmula sa iisang pinanggagalingan (cf. Genesis 1-3; Mga Gawa 17:24-26).
   C. Ang Kapootang Panlahi ay isa lamang sa maraming paunang paghahatol. Ang ilang iba pa ay (1) edukasyonal na di pagpansin; (2) sosyo-ekonimikal na paga-arogante; (3) pansariling pagmamatuwid legalismong panrelihiyon; at (4) dogmatikong politkal na pakikisama.

II. Biblikal na Materyal
   A. Lumang Tipan
      1. Genesis 1:27 –Ang sangkatauhan, lalake at babae, ay ginawa sa imahe at wangis ng Diyos, kung bakit sila natatangi.
         Ito rin ay nagpapakita ng kanilang indibidwal na kahalagahan at dignidad (cf. Juan 3:16).
      2. Genesis 1:11-25 – Ay nagtala ng talatang, ". . .pagkatapos ng kanilang sariling uri. . ." ng sampung beses. Ito ay ginamit upang suportahan ang makalahing segregasyon. Gayumpaman, ito'y kapuna-puna mula sa konteksto na ito ay tumutukoy sa mga hayop at mga halaman hindi sa sangkatauhan.
      3. Genesis 9:18-27 – Ito ay ginagamit upang suportahan ang makalahing pagdodomina. Dapat na tandaan na ang Diyos ay hindi isinumpa ang Canaan. Si Noah, ang kanyang lolo, ang nagsumpa sa kanya matapos siyang gisingin nito sa kanyang kalasingan. Ang Bibliya ay kailanman hindi nagtala na ang Diyos ay nagkompirma sa pangako/sumpang ito. Kung sakali man na ginawa Niya ito, hindi ito nakakaapekto sa lahi ng mga maiitim. Ang Canaan ay ang ama ng lahat ng nakatira sa Palestina at Ehipto at ang mga sining sa mga haligi ay nagsasabi na hindi sila mga maiitim.
      4. Joshua 9:23 – Ito ang ginagamit upang patunayan na ang isang lahi ay maglilingkod sa isang lahi. Gayumpaman, sa konteksto, ang mga Gibeonites ay nasa parehong lahing pinagmulan gaya ng sa mga Hudyo.
      5. Ezra 9-10 at Nehemiah 13 – Ito ay madalas na ginamit sa makalahing pakahulugan, ngunit ang konteksto ay nagpapakita na ang pag-aasawa ay kinokundina, hindi dahil sa lahi (sila ay nagmula sa parehong anak ni Noah, Genesis 10), hindi sa pangrelihiyong mga kadahilanan.
   B. Bagong Tipan
      1. Ang mga Ebanghelyo
         a. Si Hesus nagawang gamitin ang galit sa pagitan ng mga Hudyo at mga Samaritas sa ilang mga sitwasyon, na nagpapakita na ang makalahing galit ay hindi nararapat.
            (1) ang parabola ng Mabuting Samaritano (Lucas 10:25-37)
            (2) ang babae sa balon (Juan 4)
            (3) ang mapagpasalamat na ketongin (Lucas 17:11-19)
         b. Ang Ebanghelyo ay para sa sangkatauhan
            (1) Juan 3:16

(2) Lucas 24:46-47

(3) Hebreo 2:9

(4) Pahayag 14:6

c. Ang Kaharian ay magsasama sa lahat ng sangkatauhan

(1) Lucas 13:29

(2) Pahayag 5

2. Mga Gawa

a. Ang Mga Gawa 10 ay isang mapagpaliwanag na talata sa pangkalahatang pag-ibig ng Diyos at sa pangkalahatang mensahe ng Ebanghelyo.

b. Si Pedro ay kinutya ng kanyang mga aksyon sa Mga Gawa 11 at ang problemang ito ay hindi naresolba hanggang sa konseho ng Herusalem ay nagpulong at dumating sa isang solusyon (Mga Gawa 15). Ang tension sa pagitan ng unang siglong Hudyo at Hentil ay napakatindi.

3. Pablo

a. Walang nakahadlang na pagitan kay Kristo

(1) Galacia 3:26-28

(2) Efeso 2:11-22

(3) Colosas 3:11

b. Ang Diyos ay walang tinatanging mga tao

(1) Roma 2:11

(2) Efeso 6:9

4. Pedro at Santiago

a. Ang Diyos ay walang tinatanging mga tao, I Pedro 1:17

b. Dahil sa ang Diyos ay hindi nagpapakita ng pagkakampi, gayundin dapat ang kanyang mga tao, Santiago 2:1

5. Juan

a. Isa sa mga malalakas na mga pananalita sa responbsibilidad ng mga mananampalataya ay matatagpuan sa I Juan 4:20

III. Konklusyon

A. Ang Kapootang Panlahi, o kung anuman yang bagay nay an, paunang paghahatol sa anumang bagay, ay buong tahasang hindi nararapat para sa mga anak ng Diyos. Narito ang isang sipi mula kay Henlee Barnette, na nagsalita sa isang porum, sa Glorieta, New Mexico, para sa Komisyon ng Kristyanong Pamumuhay noong 1964. "Ang Kapootang Panlahi ay isang kasinungalingan sapagkat ito ay hindi Biblikal at hindi makaKristyano, huwag nang banggitin na hindi ito siyentipiko."

B. Ang problemang ito ay nagbibigay sa mga Kristyano ng oportunidad na maipakita ang kawangis ni Kristong pagmamahal, pagpapatawad at pag-uunawa sa naliligaw na mundo. Ang pagtanggi ng Kristyano dito ay pagpapakita ng pagiging imatyur at isang oportunidad sa Diablo na guluhin ang pananampalataya, katiyakan, at paglago. Ito rin ang pagsisilbing hadlang sa mga naliligaw na tao na lumapit kay Kristo.

C. Anu ang magagawa ko? (Ang seksyon na ito ay kinuha mula sa tracts ng Komisyon ng Kristyano Pamumuhay na pinamagatang "Relasyon ng Lahi"

"SA PERSONAL NA LEBEL"

L Tanggapin ang iyong responsibilidad sa paglulutas ng mga problema na may kinalaman sa mga lahi.

L Sa pamamagitan ng panalangin, pag-aaral ng Bibliya, at pakikipagsalamuha sa ibang mga lahi, pagsumikapang alisin sa buhay mo ay paunang paghahatol.

L Ipahayag ang iyong paninindigan patungkol sa lahi, partikular na yaong mga nagpaapsimulka ng hidwaan sa mga lahi na hindi nasusubukan.

"SA BUHAY PAMILYA"

L Kilalanin ang kahalagahan ng impluwensiya ng pamilya sa pagbabago ng saloobin sa ibang mga lahi.

L Sikaping linangin ang mga Kristyano pag-uugali sa pamamagitan ng pakikipag-usap patungkol sa mga naririnig na mga isyu sa ibang mga lahi ng mga anak at magulang sa labas ng kanilang tahanan.

L Ang mga magulang ay dapat na maging maingat sa pagtatalaga ng Kristyano halimbawa sa pakikipag-ugnayan sa mga tao ng ibang mga lahi.

L Hanapin ang mga oportunidad sa pagkikipagkaibigan ng pamilya sa ibang mga lahi.

"SA IYONG IGLESYA"

- Sa pamamagitan ng pangangaral at pagtuturo ng mga Biblikal na katotohanan na may kinalaman sa lahi, ang kongregasyon ay maaring maingyanyo na magpakita ng halimbawa sa buong komunidad.
- Siguraduhin na ang pagsamba, pagtitipon, at serbisyo sa pamamgitan ng iglesya ay bukas para a lahat, maging ang NT na mga iglesya ay nagpapakita ng kawalang hadlang sa mga lahi (Efeso 2:11-22; Galacia 3:26-29).

"SA PANGARAW-ARAW NA BUHAY"

- Tulungan mapagtagumpayan ang lahat ng panlahing diskriminasyon sa mundo at sa trabaho.
- Gumawa sa pamamagitan ng mga organisasyon sa komunidad para masiguro ang lahat ng uri pantay na karapatan at oportunidad, sa pag-aalala na ang problema ng lahi ang dapat atakihin, hindi ang tao. Ang layunin ay upang mapalaganap ang unawaan, hindi gumawa ng kapaitan.
- Kung sakaling mabuti, magbuo ng espesyal na komite ng mga mapag-arugang mamayan, para sa naising buksan ang linya ng komunikasyon sa komunidad para sa edukasyon ng pangkalahatang publiko at para sa partikular na mga aksyon sa pagsasaayos ng relasyon ng lahi.
- Suportahan ang legislasyon at mga legislator sa pagpasa ng mga batas sa pagpapataas ng panlahing katarungan at pagsalungat sa mga taong nag-aabuso ng paunang paghahatol para sa politikal na hangarin.
- Purihin ang mga nagpapatupad ng batas ng walang diskriminasyon.
- Iwaksi ang kaguluhan, at palaganapin ang respeto sa batas, ginagawa ang lahat ng posibleng bagay bilang isang mamayang Kristyano upang masiguro na ang mga legal na istruktura ay hindi maging instrumento at mapasakamay ng mga taong nagpapalaganap ng diskrimiasyon.
- Gawing halimbawa ang espiritu at isipan ni Kristo sa lahat ng pantaong relasyon.

▣ **"sa Samaria"** Mayroong matinding hidwaan sa pagitan ng mga Samaritano at mga Hudyo simula pa noong Ikawalong Siglo B.C. Sa taong 722 B.C. ang hilagang Sampung Tribu, kasama ng kanilang kaiptolyo sa Samaria, nasapailalim sa kamay ng tagaAssyria at ipinatapon sa Media (cf. II Hari 17:6). Ang ibang mga nasakop na mga tao ay muling nanirahan sa hilagang Palestina (cf. II Hari 17:24). Sa paglipas ng maraming taon ang paganong ito nakipag-asawa sa ilang mga natitirang populasyon ng mga Israelita. Itinuturing ng mga Hudyo ang mgaSamaritano hating-lahing relihoyoso at mga sinungaling (cf. Ezra 4:1-4). Ito ang nagbibigay ng konteksto para sa v. 9.

**4:5 "isang bayan ng Samaria, na tinatawag na Sicar, malapit sa bahagi ng lupang ibinigay ni Jacob kay Jose na kaniyang anak"** (cf. Genesis 33:18, 19; Joshua 24:32). Marami ang nag-aakala sa Sychar ay Shechem, bagamat hindi ito isinaad sa NT.

**4:6 "At naroon ang balon ni Jacob"** Ito ay talagang hinukay na patubigan na may lalim na humigit sa 100'. Hindi ito dumadaloy na tubig( isang bukal), ngunit kumukolekta ng tubig ulan. Hindi ito kailanman binanggit ng OT ngunit ang pangalan ay kumukonekta sa lugar ng tradisyong Patriyarkal.

▣ **"Si Hesus nga, nang napapagod na sa kaniyang paglalakbay"** Nakikita natin ng malinaw ang kalikasan ng tao kay Hesus dito (cf. Lucas 2:52), ngunit hindi Siya kailanman napapagod sa pagmamahal sa tao!

▣
**NASB, NKJV,**
**JB** **"Magiikaanim na nga ang oras"**
**NRSV, TEV** **"Magtatanghali na noon"**

Mayroong matinding talakayan patungkol sa paraan ng pagpapakilala ng oras na ginamit ni Juan sa kanyang Ebanghelyo. Ang ilang pantukoy ay parang makaHudyong oras at ang ilan ay pangRomanong oras. Ang mga Hudyo ay nagsisimula ng kanilang araw sa ika -6 a.m. (ang mga Romano ay sa tanghali), samakatwid, si Hesus ay dumating sa balon sa pinakamainit na bahagi ng araw, ang tanghali.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:7-14

**[7] Dumating ang isang babaing taga Samaria upang umigib ng tubig: sa kaniya'y sinabi ni Hesus, "Painumin mo ako" [8] Sapagka't napasa bayan ang kaniyang mga alagad upang magsibili ng pagkain. [9] Sinabi nga sa kaniya ng babaing Samaritana, Paano ngang ikaw, na isang Hudyo, ay humingi ng maiinom sa akin, na ako'y babaing Samaritana? (Sapagka't hindi nangakikipagusap ang mga Hudyo sa mga Samaritano.) [10] Sumagot si Hesus at sa kaniya'y sinabi, Kung napagkikilala mo ang kaloob ng Diyos, at kung sino ang sa iyo'y nagsasabi, Painumin mo ako; ikaw ay hihingi sa kaniya, at ikaw ay bibigyan niya ng tubig na buhay. [11] Sinabi sa kaniya ng babae, "Ginoo, wala kang sukat isalok ng tubig, at**

**malalim ang balon: saan nga naroon ang iyong tubig na buhay? [12] Dakila ka pa baga sa aming amang si Jacob, na sa ami'y nagbigay ng balon, at dito'y uminom siya, at ang kaniyang mga anak, at ang kaniyang mga hayop?" [13] Sumagot si Hesus at sinabi sa kaniya, "Ang bawa't uminom ng tubig na ito ay muling mauuhaw; [14] Datapuwa't ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man; nguni't ang tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay magiging isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan."**

**4:7 "Dumating ang isang babaing taga Samaria"** Ang babaeng ito ay dumating sa nayon ng nag-iisa mula sa malayong balon at sa hindi karaniwang oras ng araw dahil sa kanyang itinakwil na estado sa lipunan..

▣ **"'Painumin mo ako"** Ito ay isang AORIST AKTIBONG PAUTOS na nagdadala ng pakahulugan ng isang pagmamadali

**4:8** Ang talatang ito ay naghahanda ng isang entablado para sa pribadong pakikipag-usap ni Hesus sa babaeng itinakwil at isang sinungaling na sekta ng Judaismo. Ito ang isa pang panaklong na puna ni Juan.

**4:9 "'Paano ngang ikaw, na isang Hudyo, ay humingi ng maiinom sa akin, na ako'y babaing Samaritana"** Ang mga Hudyo ay hindi pinahihintulutan na uminom mula sa kaparehong lalagyan ng sa mga Samaritan (cf. nakaHudyong tradisyon na nakabatay sa Leviticus 15). S i Hesus ay hindi pinapansin ang dalawang kultural na hadlang: (1) nakikipag-usap sa isang Samaritan at (2) nakikipag-usap sa babae sa publikong lugar.

▣ **"(Sapagka't hindi nangakikipagusap ang mga Hudyo sa mga Samaritano.)** Ang panaklongs (NASB, NRSV), na isa pang dagdag na ekplenasyon mula kay Juan, ay nawawala sa MSS א* at D, ngunit makikita sa $P^{63,66,75,76}$, $א^1$, A, B, C, L. Ang $UBS^4$ ay nagbigay ng pagsingit nito bilang "A" ang antas (tiyak).

**4:10 "Kung"** Ito ay IKALAWANG KLASE KONDISYONAL PANGUNGUSAP na tinawag na "salungat sa katotohanan" Ang pangungusap na ginawa at huwad na pinaliwanag ang konklusyon ay isa ring huwad.

Ito lang ang tanging pagkakagamit ng salitang "regalo" sa Ebanghelyo ni Juan. Tumutukoy ito ditto kay Hesus bilang isang regalo ng Diyos (cf. 3:16) na nagbibigay ng walang hanggang buhay. Sa Juan 7:38-39 at Mga Gawa ito ay ginamit sa pagbibigay ng Banal na Espiritu (cf. Mga Gawa 2:38; 8:20; 10:45; 11:17). Ang pokus ay sa hindi karapat-dapat, hindi masusukliang biyaya ng Diyos na naipahayag kay Kristo at sa Espiritu.

▣ **"tubig na buhay"** Ang salitang ito ay mayroong OT metaporikal na pinanggalingan (cf. Awit 36:9; Isaias 12:3; 44:3; Jer. 2:13; 17:13; Zech. 14:8). Si Hesus gumagamit ng salitang "buhay na tubig" bilang kahalintulad ng sa "espiritwal na buhay." Gayumpaman, ang babaeng Samaritana ay inakalang siya ay tumutukoy sa dumadaloy na tubig, bilang pagsalungat sa tubig ulan na nasa balon. Katangi-tangi sa Ebanghelyo ni Juan na si Hesus (ang ilaw ng mundo) ay regular na hindi nauunawaan (i.e., Nicodemo). Ang pandaigdig, makasalanang kaharian ay hindi nakakaunawa ng makalangit na kaharian (i.e., mensahe ni Hesus).

**4:11 "Ginoo"** Ito ay isang Griyegong salita *kurious* sa kanyang BOKATIBONG anyo *kurie*. Ito ay maaring gamitin sa isang magalang na pagtawag (ginoo) o bilang isang teolohikal na pananalita (PANGINOON) tumutukoy kay Hesus bilang ganap na Diyos sa v. 1 at Roma 10:13. Dito ay isang magalang na pagtawag.

**4:12 "Dakila ka pa baga sa aming amang si Jacob"** Ang gramatika ay inaasahan ang "hindi" na sagot. Ito ay kapansin-pansing ironikong pangungusap. Ang babaeng Samaritana ay nag-aangkin ng kadakilaan ng kanyang sarilang pinagmulan na binalikan pa niya mula kay Ephraim at Manasseh hanggang sa kay Jacob. Ang nakakamanghang bagay ay ang kadakilaan mismo ni Hesus ang eksaktong inaangkin Niya!

Ang usapang ito ay tumatalakay sa dalawang teolohikal na isyu.

1. Ang pag-ibig ng Diyos/Hesus sa mga itinakwil (i.e., Samaritano, mga babae)
2. Ang kataasan ni Hesus laban sa Judaismo at makalahing kayabangan

**4:13-14 "ang sinomang umiinom ng tubig na sa kaniya'y aking ibibigay ay hindi mauuhaw magpakailan man"** Ito marahil ay mayroong makaMesyas na implikasyon (cf. Isaias12:3; 48:21; 49:10). Ang talatang ito ay malakas na dobleng negatibo. Mayroong paglalaro sa PANDIWA PAMANAHON. Ang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANTUKOY ng v. 13 ay nagpapahiwatig ng muling pag-inom ng paulit-ulit, habang ang AORIST TAHAS NA PASAKALI ng v. 14 ay nagpapahiwatig ng isahang pag-inom.

**4:14 "isang balon ng tubig na bubukal sa kabuhayang walang hanggan"** Ito ay PANGKASALUKUYANG PANTUKOY na ang ibig sabihin ay " patuloy na umaapaw" (cf. Isaias58:11 and Juan 7:38). Para sa mga taong desyerto, ang tubig ay simbolo ng buhay at banal na probisyon.

## NASB (BINAGO) TEXT: 4:15-26

**[15] Sinabi sa kaniya ng babae, Ginoo, ibigay mo sa akin ang tubig na ito, upang ako'y huwag mauhaw, ni pumarito man sa ganito kalayo upang umigib pa. [16] Sinabi sa kaniya ni Hesus, Humayo ka, tawagin mo ang iyong asawa, at pumarito ka. [17] Sumagot ang babae at sinabi sa kaniya, Wala akong asawa. Sinabi sa kaniya ni Hesus, Mabuti ang pagkasabi mo, Wala akong asawa: [18] Sapagka't nagkaroon ka na ng limang asawa; at ang nasa iyo ngayon ay hindi mo asawa: dito'y sinabi mo ang katotohanan. [19] Sinabi sa kaniya ng babae, Ginoo, napaghahalata kong ikaw ay isang propeta. [20] Nagsisamba ang aming mga magulang sa bundok na ito; at sinasabi ninyo, na sa Herusalem ay siyang dakong kinakailangang pagsambahan ng mga tao. [21] Sa kaniya'y sinabi ni Hesus, Babae, paniwalaan mo ako, na dumarating ang oras, na kahit sa bundok na ito, ni sa Herusalem, ay hindi ninyo sasambahin ang Ama. [22] Sinasamba ninyo ang hindi ninyo nalalaman: sinasamba namin ang nalalaman namin; sapagka't ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga Hudyo. [23] Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga, na sasambahin ng mga tunay na mananamba ang Ama sa espiritu at katotohanan: sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya. [24] Ang Diyos ay Espiritu: at ang mga sa kaniya'y nagsisisamba ay kinakailangang magsisamba sa espiritu at sa katotohanan. [25] Sinabi sa kaniya ng babae, Nalalaman ko na paririto ang Mesias (ang tinatawag na Kristo): na pagparito niya, ay ipahahayag niya sa amin ang lahat ng mga bagay. [26] Sinabi sa kaniya ni Hesus, Ako na nagsasalita sa iyo ay siya nga.**

**4:15** Ang babae, gaya ni Nicodemo, ay inuunawa pa rin si Hesus sa napakapisikal (literal) na antas. Ito karaniwan maging sa mga disipulo. Madalas nilang hindi nauunawaan si Hesus sa pamamagitan ng pagkakamali sa Kanyang metaporikal na lenggwahe (cf. Juan 4:31-33; 11:11-13).

**4:16** Ang UBS[4] hindi man lang binanggit ang posibilidad na ang pangalan ni "Hesus" ay naidagdag (cf. NKJV, NRSV, NJB, REB). Ang NET na Bibliya ay nagbibigay ng manuskriptong ebidensya para sa pagsingit nito (p. 1903, i.e., MSS $\aleph^{*,c}$, A, $C^2$, D, L, at W, ngunit ito ay nawawala sa MSS $P^{66,75}$, B, C). Ang mga Eskriba ay may pagkiling na gawin ang mga teksto ng malinaw at madaling sundad.

**"Humayo ka, tawagin mo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na sinusundan ng AORIST AKTIBONG PAUTOS.

**4:17 "Wala akong asawa"** Ang kasalanan ay dapat na harapin. Hindi nagpapagaan ng loob si Hesus ngunit hindi rin Siya nangungundena.

**4:18 "nagkaroon ka na ng limang asawa"** Si Hesus gumamit ng supernatural na kaalaman upang yanigin ang babae mula sa pisikal na dimension patungo sa espiritwal na dimensyon (cf. 1:48).

**4:19 "napaghahalata kong ikaw ay isang propeta"** Ang babae ay hindi parin dumarating sa makaMesyas na pagkakaunawa. Sinusubukan niyang iwasan ang kanyang pangunahing isyu sa kanyang relasyon sa Diyos sa pamamagitan ng mga papuri (gaya ni Nicodemo sa 3:2).

Ang ibang mga komentarista ay nakita ito bilang makaMesyas na reperensiya mula sa Deuteronomio 18:15-22.

## NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG LUMANG TIPAN

I. PANIMULA
  A. Pambungad na mga Pangungusap
    1. Ang naniniwalang komunidad ay hindi nagsasangayon sa kung paano iinterpret ang propesiya. Ang ibang mga katotohanan ay naitayo sa isang ortodoks na posisyon sa loob ng ilang mga siglo, ngunit hindi ang isang ito.
    2. Mayroong ilang mga malilinaw na baitang sa OT Propersiya
    a. premonarkyal
      (1) ang mga indibidwal ay tinatawag na mga propeta
        (a) Abraham – Genesis 20:7
        (b) Moses – Bilang 12:6-8; Deuteronomio 18:15; 34:10
        (c) Aaron – Exodo 7:1 (tagapagsalita para kay Moses)
        (d) Miriam – Exodo 15:20
        (e) Medad at Eldad – Bilang 11:24-30
        (f) Deborah – Hukom 4:4
        (g) di-pinangalanan – Hukom 6:7-10

(h) Samuel – I Samuel 3:20

(2) reperensya sa mga propeta bilang isang grupo – Deuteronomio 13:1-5; 18:20-22

(3) makapropetang grupo o samahan – I Samuel 10:5-13; 19:20; I Hari 20:35,41; 22:6,10-13; II Hari 2:3,7;4:1,38; 5:22; 6:1, etc.

(4) Ang Mesias ay tinawag na propeta – Deuteronomio 18:15-18

b. hindi-sumusulat na monarkyal (sinasabihan nila ang hari):

(1) Gad – I Samuel 22:5; II Samuel 24:11; I Cronika 29:29

(2) Nathan – II Samuel 7:2; 12:25; I Hari 1:22

(3) Ahijah – I Hari 11:29

(4) Jehu – I Hari 16:1,7,12

(5) unnamed – I Hari 18:4,13; 20:13,22

(6) Elijah – I Hari 18 - II Hari 2

(7) Milcaiah – I Hari 22

(8) Elisha – II Hari 2:8,13

c. klasikal na sumusulat na mga propeta (sinasabihan nila ang bansa at gayon din ang hari): Isaiah-Malachi (maliban kay Daniel)

B. Biblikal na mga Termino

1. *Ro'eh* = "seer," I Samuel 9:9. Ang sariling reperensya na ito ay nagpapakita ng paglilipat patungo sa salitang *nabi*. *Ro'eh* ay nagmula sa pangkalahatang salita "makita." Ang taong ito ay nauunawaan ang paraan at plano ng Diyos at kinunsulta ang katiyakan ng kalooban ng Diyos sa bagay na iyon.

2. *Hozeh* = "seer," II Samuel 24:11. Ito ay karaniwang kasingkahulugan ng Ro'eh. Ito ay mula sa bihirang salita "makita." Ang pantukoy na anyo ay ginamit ng pinakamadalas upang tukuyin ang mga propeta (i.e., "pagmasdan").

3. *Nabi'* = "propeta," mula sa Akkadian na PANDIWA *Nabu* = "tawagin" at Arabic *Naba'a* = "ihayag." Ito ay pinakakaraniwang salita sa Lumang Tipan na nagtatalaga sa propeta. Ito ay ginamit ng higit ng 300 beses. Ang eksaktong etimolohiya ay hindi tiyak ngunit ang "tawagin" sa kasalukuyan ang pinakamahusay na opsyon. Posibleng ang pinakamahusay na pagkakaunawa ay nagmula sa paglalarawan ni YHWH sa relasyon nio Moses kay Paraon sa pamamagitan ni Aaron (cf. Exodo 4:10-16; 7:1; Deuteronomio 5:5. A propeta ay isang tao na nagsasalita para sa Diyos sa Kanyang tao (Amos 3:8; Jer. 1:7,17; Ezekiel 3:4.)

4. Ang tatlong mga salita ay ginamit para sa opisina ng propeta sa I Cronika 29:29; Samuel - *Ro'eh*; Nathan - *Nabi'* and Gad–*Hozeh*.

5. Ang talatang, *'ish ha - 'elohim*, "Tao ng Diyos," ay isa ring malawak na designasyon para sa tagapagsalita ng Diyos. Ito ay ginamit ng 76 beses sa OT sa pakahulugan ng "propeta."

6. Ang salitang "propeta" ay sa Griyegong pinagmulan. Ito ay nagmula sa: (1) *pro* = "bago" o "para" at (2) *phemi* = "magsalita."

II. ANG PALIWANAG SA PROPESIYA

A. Ang salitang "PROPESIYA" ay mayroong mas malawak na semantikong larangan sa Hebreo kaysa Englis. Ang kasaysayan ng mga aklat ng Josue hanggang sa mga Hari(maliban sa Ruth) ay pinangalanan ng mga Hudyo bilang "ang mga dating mga propeta." Parehong si Abraham (Genesis 20:7; Awit 105:5) at Moses (Deuteronomio 18:18) ay itinalagang mga propeta (at saka si Miriam, Exodo 15:20). Samkatwid, mag-ingat sa pag-aakala ng Englis na paliwanag!

B. "Propetisismo ay lehitimong maipapaliwanag bilang isang pagkakaunawa sa kasaysayan na tumatanggap lamang ng kahulugan sa pamamagitan ng banal na pag-aalala, banal na layunin, at banal na partisipasyon," *Interpreter's Dictionary of the Bible*, vol. 3, p. 896.

C. "Ang propeta ay hindi alinman na isang pilosopo o sistematikong teolohiko, ngunit isang tipanang tagapamagitan na nagdadala ng salita ng Diyos sa Kanyang mnga tao upoang hubugin ang kanilang hinaharap sa pamamagitan ng pagrereporma sa kanilang pangkasalukuyan, "Ang mga propeta at propesiya," *Encyclopedia Judaica* vol. 13 p. 1152.

III. LAYUNIN NG PROPESIYA

A. Ang propesiya ay paraan ng Diyos para magsalita sa Kanyang mga tao, nagtutustus ng paggagabay sa kanilang pangkasalukuyang tagpuan at pag-asa sa Kanyang pagkokontrol sa kanilang mga buhay at mga pangyayari sa mundo. Ang mensaheng ito ay pangunahing pangkalahatan. Ito ay para, pagsabihan, palakasin, patatagin ang pananampalataya, at bigyan ng impormasyon ang mga tao ng Diyos patungkol sa Kanyang sarili at sa Kanyang mga

plano. Hinawakan nila ang mga tao ng Diyos sa pagiging tapat sa tipanan ng Diyos. Dapat idagdag ditto ang madalas na paggamit ng malinaw na pagpapahayag sa pagpili ng Diyos ng Kanyang tagapagsalita (Deuteronomio 13:1-3; 18:20-22). Kapag, ito ay inunawa ng sukdulan, ay tumutukoy sa Mesias.

B. Madalas, ang propeta ay kinukuha ang isang makasaysayan o teolohikal na krisis sa kanyang panahon at ibinabato sa ekastolohikal na tagpuan. Itong pagwawakas ng panahong pananaw ng kasaysayan ay natatangi sa Israel at ang pakahulugan nito sa banal na eleksyon at tipanan mga pangako.

C. Ang katungkulan ng propeta ay para ibalanse (Jer. 18:18) at agawin ang katungkulan ng Punong Saserdote nilang paraan sa pagkilala ng kalooban ng Diyos. Ang Urim at Thummim ay nasasaklawan ang pasalitang mensahe mula sa tagapagsalita ng Diyos. Ang katungkulan ng propeta ay parang nawawala na rin saIsrael pagkatapos ng Malachi. Hindi na ito muling bumalik hanggang sa makalipas ang 400 na taon hanggang kay Juan na Tagabauitismo. Hindi tiyak kung paano ang Bagong Tipan na kaloob ng "PROPESIYA" ay naiuugnay sa Lumang Tipan. Ang mga Bagong Tipan na mga propeta (Mga Gawa11:27-28; 13:1; 15:32; I Corinto 12:10,28-29; 14:29,32,37; Efeso 4:11) ay hindi mga tagapamahayag ng mga bagong Kapahayagan o Kasulatan, ngunit mga tagapag-alala at tagapagbigay babala ng mga kalooban ng Diyos sa mga tipanang tagpuan.

D. Ang propesiya ay hindi eklusibo o pangunahing likas na prediksyon. Ang prediksyon ay isang paraan upang kompirmahin ang kanyang katungkulan at ang kanyang mensahe, ngunit dapat na pansinin " mababa sa 2% ng OT na propesiya ay makaMesyas. Mababa sa 5% sa particular ay naglalarawan sa Bagong Tipanang Panahon. Mababa sa1% ay nagmamalasakit sa mga darating ng mga pangyayari." (Fee at Stuart, *How to Read the Bible For All Its Worth*, p. 166)

E. Ang mga propeta ay kumakatawan sa Diyos sa mga tao, habang ang mga Saserdote ay kumakatawan sa mga tao para sa Diyos. Ito ay pangkalahatang pangungusap. Mayroon mga eksepsyon gaya ng Habakkuk, na tumutugon sa mga katanungan sa Diyos.

F. Isang dahilan na mahirap na maunawaan ang mga propeta ay dahil hindi natin alam kung paano ang istruktura ng kanilang mga aklat. Hindi sila kronolohikal. Sila ay parang may tema ngunit hindi lagi sa paraan na ating inaasahan. Madalas, walang kapansin-pansing makasaysayang tagpuan,balangkas ng panahon o malinaw paghahati-hati sa pagitan ng mga orakulo. Ang mga aklat na ito ay mahirap (1)na basahin sa isang upuan lamang; (2) na ibanghay sa mga paksa; at (3) na matiyak ang sentrong katotohanan o may-akdang intensyon ng bawat orakulo.

## IV. MGA KATANGIAN NG PROPESIYA

A. Sa Lumang Tipan mayroong parang pagbabago sa konsepto ng "propeta" at "propesiya." Sa sinaunang Israel mayroong nabuong isang pagsasama-sama ng mga propeta, na pinangungunahan ng matibay at karismatik na pinuno gaya nina Elijah o Elisha. Minsan ang talatang, " mga anak ng propeta," ay ginamit sa pagtatalaga sa grupong ito (II Hari 2). Ang mga propeta ay kinikilala sa pamamagitan ng hubog ng labis na kaligayahan (I Samuel 10:10-13; 19:18-24).

B. Gayumpaman, ang panahong ito ay lumipas ng mabilis patungo sa mga indibidwal na propeta. Mayroong mga propeta (parehong totoo at huwad) na nakikila kasama ng Hari, at namumuhay sa palasyo (Gad, Nathan). At saka, mayroong mga nagsasarili, minsan ay lubusang hindi nakakonekta ay katayuan sa lipunan ng Israel (Amos). Sila ay parehong lalake at babae (II Hari22:14.)

C. Ang propeta ay madalas na tagahayag ng hinaharap, nakakondisyon sa kagyat ng pagtugon ng tao. Madalas ang gawain ng propeta ay ilatag ang pangkalahatang plano ng Diyos para sa Kanyang nilalang na hindi apektado ng pagtugon ng tao. Ang pangkalahatang ekastolohikal na plano ay natatangi sa mga propeta ng Ancient Near East. Ang Prediksyon at Tipananang katapatan ay kambal na pokus ng mga propetang mensahe(cf. Fee at Stuart, p. 150). Ito ay nagpapahiwatig na ang mga propeta ay unang una na pangsama-sama ang pokus. Sila ay madalas, ngunit, hindi eklusibo, na tumutugon sa bansa.

D. Karamihan sa mga makapropetang materyal ay pasalitang ipinakita. Sa kalaunan ito ay pinagsama sa pamamagitan ng tema, kronolohiya o ibang mga huwaran ng Literatura ng Near Eastern na wala na sa atin ngayun. Sapagkat ito ay pasalita hindi ito nakaistruktura na gaya ng isinulat na prosa. Ito ang naging dahilan kung bakit ito mahirap basahin na tuloy-tuloy at mahirap na maunawaan ng walang espisipikong makaysaysayang tagpuan.

E. Ang mga propeta ay gumagamit ng ilang mga paraan upang ipahayag ang kanilang mga mensahe.

1. Tagpuan sa Korte – Ang Diyos ang nagdadala sa Kanyang mga tao sa korte, madalas ito ay isang kaso ng dibosyo na kung saan si YHWH ay itinatakwil ang Kanyang asawa (Israel) dahil sa kanyang pagtataksil (Hosea 4; Micah 6).
2. Paglalamay na Panambitan – ang espesyal na sukat ng tipong ito ng mensahe at ang mga katangian nito na"pighati" ang naghihiwalay nito bilang espesyal na anyo (Isaiah 5; Habakkuk 2).
3. Tipanang Pagpapalang Pagproproklama - ang likas na kondisyonal ng Tipanan ay binigyan diin at ang kahihinatnan, parehong positibo at negatibo, ay binaybay para sa panghinaharap (Deuteronomio 27-28).

V. MAKAKATULONG NA MGA ALINTUTUNIN PARA SA PAGBIBIGAY-KAHULUGAN NG PROPESIYA

A. Hanapin ang intensyon ng orihinal na propeta(editor) sa pamamagitan ng paglista ng makasaysayang tagpuan at ang kontekstong literatura ng bawat orakulo.Madalas ito ay nagsasangkot ng pagsuway ng Israel sa Mosaik na Tipanan sa ilang mga paraan

B. Basahin at bigyan pakahulugan ang buong orakulo, hindi lamang ang isang bahagi;bangyahin ito gaya ng sa nilalaman. Tigna kung paano ito nauugnay sa sa nakapaligid na mga orakulo. Subuking banghayin ang buong aklat.

C. Isipin ang literal na interpretasyon ng talata hanggang sa ang isang bagay sa teksto ang magturo sa iyo sa matalinghagang pagkakagamit; pagkatapos ay ilagay ang matalinghagang lenggwahe sa prosa.

D. Pag-aralan ang simbolikong aksyon sa liwanag ng makasaysayang tagpuan at mga kahanay na mga pasehe. Siguraduhing tandaan na ang literatura ng Ancient Near Eastern ay hindi kanluranin o modernong literatura

E. Asikasuhin ang prediksyon ng may pag-iingat.
1. Sila ba ay ekslusibong sa panahon lamang ng may-akda?
2. Sila ba ay natupad sa loob ng kasaysayan ng Israel?
3. Sila ba ay mga pangyayari sa hinaharap?
4. Meron na ba silang mga pangkasalukuyang pagkakatupad ngunit may inaasahang panghinaharap na katuparan pa?
5. Payagan ang mga may-akda ng Bibliya, hindi ang mga modernong may-akda, ang maggabay sa iyo sa kasagutan.

F. Mahahalagang Alalahanin
1. Ang prediksyon ba ay isang kwalipikadong kondisyonal na pagtugon?
2. May katiyakan ba kung kanino ipinapahayag ang propesiya (at bakit)?
3. Mayroon bang posibilidad na ang parehong Biblikal at/o makasaysayan ay para sa pangmaramihang pagkakatupad?
4. Ang mga NT na may-akda na nasa ilalim ng inspirasyon ay nagawang makita ang Mesias sa ibat-ibang lugar ng OT na hindi halata sa atin. Sila marahil ay gumamit ng tipolohiya o paglalaro ng salita. Dahil sa tayo ay hindi inspirado pinakamainam na iwanan natin ang paraan na ito sa kanila.

VI. MAKATUTULONG NA MGA AKLAT

A. *A Guide to Biblical Prophecy* ni Carl E. Amending at W. Ward Basque B. *How to Read the Bible for All Its Worth* by Gordon Fee at Douglas Stuart

C. *My Servants the Prophets* ni Edward J. Young

D. *Plowshares and Pruning Hooks: Rethinking the Language of Biblical Prophecy and Apocalyptic* ni D. Brent Sandy

E. *New International Dictionary of Lumang Tipan Theology and Exegesis*, vol. 4, pp. 1067-1078

## NATATANGING PAKSA: PROPESIYA NG BAGONG TIPAN

I. Hindi ito kapareho ng OT na propesiya (BDB 611), na mayroong rabinikal na konotasyon ng kinasihang pahayag mula kay YHWH (cf. Mga Gawa 3:18,21; Roma 16:26). Tanging ang mga propeta lamang ang makakasulat ng Kasulatan.

A. Si Moses ay tinawag na propeta (cf. Deuteronomio 18:15-21).

B. Kasaysayang mga aklat (Joshua - Hari [except Ruth]) ay tinawag na "dating mga propeta" (cf. Mga Gawa 3:24).

C. Ang mga propeta ay umaagaw sa lugar ng Punong Saserdote bilang isang pinagmumulan ng impormasyon (cf. Isaias - Malakias)

D. Ang ikalawang pagkakahati ng Hebreong canon ay "ang mga Propeta" (cf. Mateo 5:17; 22:40; Lucas 16:16; 24:25,27; Roma3:21).

II. Sa NT ang konsepto ay ginamit ng ilang beses sa magkakaibang mga kaparaanan.

A. tumutukoy sa mga OT na mga propeta at ang kanilang kinasihang mensahe (cf. Mateo 2:23; 5:12; 11:13; 13:14; Roma 1:2).

B. tumutukoy sa isang mensahe para sa indibidwal kaysa sa isang sama-samang grupo (i.e.,ang mga OT na propeta ay nagsalita ng unang-una sa Israel)

C. tumutukoy sa parehong Juan na Tagabautismo (cf. Mateo 11:9; 14:5; 21:26; Lucas 1:76) at kay Hesus bilang tagaproklama ng Kaharian ng Diyos (cf. Mateo 13:57; 21:11,46; Lucas 4:24; 7:16; 13:33; 24:19). Si Hesus rin ay

nag-aangkin ng mas higit pa kaysa sa mga propeta (cf. Mateo 11:9; 12:41; Lucas 7:26).

D. ibang mga propeta sa NT

1. mas maagang buhay ni Hesus ay naitala sa Ebanghelyo ni Lucas (i.e., mga alaala ni Maria)
   a. Elizabeth (cf. Lucas 1:41-42)
   b. Zacharias (cf. Lucas 1:67-79)
   c. Simeon (cf. Lucas 2:25-35)
   d. Anna (cf. Lucas 2:36)
2. mga kabalintunaang prediksyon (cf. Caiaphas, Juan 11:51)

E. tumutukoy sa isang taon na nagproproklama ng Ebanghelyo (ang listahan ng nagproproklamang mga kaloob sa I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)

F. tumutukoy sa kasalukuyang pagkakaloob sa iglesya (cf. Mateo 23:34; Mga Gawa 13:1; 15:32; Roma 12:6; I Corinto 12:10,28-29;13:2; Efeso 4:11). Minsan ito ay pwedeng tumukoy sa isang babae (cf. Lucas 2:36; Mga Gawa 2:17; 21:9; I Corinto 11:4-5).

G. tumutukoy sa apokaliptikong aklat ng Pahayag (cf. Pahayag 1:3; 22:7,10,18,19)

III. NT mga propeta

A. Hindi sila nagbibigay ng kinasihang Pahayag ng kagaya ng ibig sabihin ng sa OT na mga propeta (i.e., Kasulatan). Ang pananalitang ito ay posible sapagkat sa pagkakagamit ng talata na " ang pananampalataya" (i.e., isang pakahulugan ng natapos na Ebanghelyo) ginamit sa Mga Gawa 6:7; 13:8; 14:22; Galacia 1:23; 3:23; 6:10; Filipos 1:27; Jude 3,20.

Ang konseptong ito ay malinaw mula sa buong pasehe na ginamit sa Jude 3, "ang pananampalataya na isa para sa lahat ay ipinagkatiwala sa mga banal." Ang "isa para sa lahat" na pananampalataya ay tumutukoy sa mga katotohanan, mga doktrina, mga konsepto, mga katuruan , mga katuruan sa mga pananaw ng mundo ng Kristyanismo. Ang isahang pagbibigay ay nagdidiin sa Biblikal basihan para sa teolohikal na paglilimita ng insiprasyon sa mga kasulatan ng NT at hindi pagpayag sa mga nahuli o ibang mga kasulatan na ikinokonsidera na kapahayagan. Mayroong maraming kalabuan, walang katiyakan at nakapagdududa na mga lugar sa NT, ngunit ang mga mananampalataya ay naninindigan sa pamamagitan ng pananampalataya na ang lahat na "kailagan" para sa pananampalataya at pamumuhay ay kasamang sapat at malinaw sa NT. Ang konseptong ito ay naging isang hugis na tinawag na " ang kapaha-pahayag na tatsulok"

1. Ang Diyos ay ipinahayag ang Kanyang sarili sa panahon-espasyo (PAHAYAG)
2. Pinili Niya ang ilang mga taong manunulat upang idokumento at ipaliwanag ang Kanyang Mga Gawa (INSPIRASYON)
3. Ibinigay Niya ang Kanyang Espiritu upang buksan ang mga isipan at mga puso ng mga tao sa paguunawa ng mga kasulatang ito, hindi ng lubusan, ngunit sapat para sa kaligatasan at epektibong pamumuhay Kristyano (ILUMINASYON). Ang punto ng inspirasyong ito ay upang limitahan ang mga manunulat ng Kasulatan. Wala ng mas higit na awtoridad na mga kasulutan, pangitain, mga kapahayagan. Ang canon ay sarado na. Mayroon na tayong sapat na katotohanan na kailangan natin upang tumugon ng tama sa Diyos. Ang katotohanang ito ay mainam na Makita ng may kasunduan sa mga Biblikal na mga manunulat laban sa walang pagkakasundo ng mga sinserong, mabuting mananampalataya. Walang modernong manunulat o tagapagsalita ay may lebel ng banal na pamumuno na gaya ng sa mga manunulat na Kasulatan.

B. Sa ilang mga kaparaanan ang mga NT na mga propeta ay may pagkakahawig sa mga OT na mga propeta.

1. prediksyon sa hinaharap na pangyayari (cf. Pablo, Mga Gawa 27:22; Agabus, Mga Gawa 11:27-28; 21:10-11; ibang hindi pinangalanang mga propeta, Mga Gawa 20:23)
2. pagproproklama ng paghahatol (cf. Pablo, Mga Gawa 13:11; 28:25-28)
3. simbolikong mga gawa na malinaw na nagpapakita ng isang pangyayari (cf. Agabus, Mga Gawa 21:11)

C. Sila rin ay nagproproklama ng mga katotohanan ng Ebanghelyo minsan sa kaparaanan ng prediksyon (cf. Mga Gawa 11:27-28; 20:23; 21:10-11), ngunit hindi ito ang pangunahing pokus. Ang pagpropropesiya sa I Corinthians ay isang pagkikipagkomunikasyon ng Ebanghelyo (cf.14:24,39).

D. Sila ay pangkasalukuyang kaparaanan ng Espiritu upang ihayag ang pangkasalukuyan at praktikal na aplikasyon ng mga katotohanan ng Diyos sa bawat bagong sitwasyon, kultura, o panahon (cf. I Corinto 14:3).

E. Sila ay mga aktibo sa sinaunang iglesya na naitatag ni Pablo (cf. I Corinto 11:4-5; 12:28,29; 13:2,8,9; 14:1,3,4,5,6,22,24,29,31,32,37,39; Efeso 2:20; 3:5; 4:11; I Thesalonica 5:20) at binanggit sa *Didache* (isinulat sa huling unag siglo o sa ikalawang siglo, ang petsa ay di-tiyak) at sa Montanismo ng ikalawa at ikatlong siglo ng hilagang Africa.

IV. Ang mga NT na kaloob ay naglaho na ba?

A. Ang katanungang ito ay mahirap sagutin. Tumutulong itong linawain ang isyu sa pagpapaliwanag ng layunin ng mga kaloob. Sila ba ay para makompirma ang paunang pangangaral ng Ebanghelyo o sila ay patuloy na

daan para sa pagministeryo sa sarili at sa naliligaw na mundo?

B. Kailangan bang tumingin muli sa kasaysayang ng iglesya o sa Does o NT na mismo? Walang indikasyon sa NT na ang mga espiritwal na mga kaloob ay pansamantala lamang. Yaong mga tao na sinubukang gamitin ang I Corinto 13:8-13 upang talakayain ang isyung ito ay inaabuso ang may-akdang intensyon ng talata, na nagnininindigan na ang lahat ng bagay maliban sa pag-ibig ay mawawala.

C. Natutukso akong sabihin na dahjil sa ang NT, hindi ang kasaysayan ng iglesya, ang awtoridad, ang mga mananampalataya ay dapat tanggapin na ang mga kaloob ay nagpapatuloy. Gayumpaman, ako naniniwala na ang kultura ay nakakaapekto sa interpretasyon. Ang ilang napakalinaw na mga teksto ay hindi na maaring gamitin (i.e.,ang banal na halik, mga babae na nagsusuot ng belo, mga pagtitipon ng iglesyo sa mga tahanan, atbp). Kung ang kultura ay nakakaapekto sa mga teksto, bakit hindi ang kasaysayan ng iglesya?

D. Ito ay simpleng katanungan na hindi maliwanag na masasagot. Ang ilang mga mananampalataya ay maglalayon sa "tumigil" at ang iba ay "hindi-tumigil." Sa lugar na ito, gaya ng maraming isyung interpretasyon, ang puso ng mananampalataya ang susi. Ang NT ay may kalabuan at kultural. Ang kahirapan ay sa kakayanang magdesisyon ng kung anung teksto ang apektado ng kultura/kasaysayan at alin ang para sa lahat ng panahon at para sa lahat ng kultura (cf. Fee at Stuart's *How to Read the Bible for All Its Worth*, pp. 14-19 at 69-77). Narito kung saan ang talakayan ng kalayaan at responsibilidad, na matatagpuan sa Roma 14:1-15:13 at I Corinto 8-10, ay krusyal. Paano natin sagutin ang katanungan ay mahalaga sa dalawang paraan.

1. Ang bawat mananampalataya ay dapat ng lumakad ayon sa ilaw na meron sila. Ang Diyos ay tumitingin sa puso at mga motibo.

2. Ang bawat mananampalataya ay dapat pagbigyan ang ibang mga mananampalataya na lumakad ayon sa kanilang pagkakaunawa sa pananampalataya. Mayroon dapat pagpapaubaya na naaayon sa biblikal na hangganan. AngDiyos ay nagnanais na tayo ay magmahala sa bawat isa gaya ng ginagawa Niya.

E. Kung bubuudin ang isyu, ang Kristyanismo ay buhay ng pananampalataya at pag-ibig, hindi perpektong teolohiya. Isang relasyong kasama Niya na nakakaapekto sa ating relasyon sa ibang tao ang mas higit na mahalaga kaysa sa malinaw na impormasyon o perpektong kredong paniniwala.

**4:20 "aming mga magulang**" Ito ay tumutukoy kay Abraham at Jacob (cf. Genesis 12:7; 33:20). Ang babae ay naninindigan sa kanyang tipanan pagsingit(cf. 8:31-59).

▣ **"Nagsisamba sa bundok na ito"** Ito ay tumutukoy sa teolohikal na argumento kung saan dapat ang Diyos (YHWH) sambahin. Ang mga Hudyo ay nagpipilit na sa Mt. Moriah (lugar ng makaHudyong Templo), habang ang mga Samaritano ay nagpipilit na sa Mt. Gerizim (Samaritanong templo na winasaka noong 129 B.C. ni Juan Hyrcanus).

Sa panahon natin ito ay maaring pagtatangka ng mga tao na ating binabahagian na umiwas mula sa isyu ng kanilang relasyon kay Kristo sa pamamagitan ng pagbubukas ng teolohikal na isyu. Ang mga tao ay nasisiyahan sa pag-aaral ng relihiyon at pilosopiya hanggat ito ay hindi nakakaapekto sa kanila ng personal (cf. 3:19-21).

**4:21 "'na dumarating ang oras, na kahit sa bundok na ito, ni sa Herusalem, ay hindi ninyo sasambahin ang Ama."** Ito ay dapat magbigay ng isang nakagigimbal na pananalita sa kanya at gayundin sa mga disipulo ni Kristo. Hindi isyu kung saan, ang isyu ay kung sino!

**4:22 "sapagka't ang kaligtasan ay nanggagaling sa mga Hudyo"** Ito ay isang pagpapatibay sa pinagmulan ng Mesias (cf. Genesis 12:2-3; 49:8-12; Isaias 2:3; Roma 9:4-5).

**4:23 "Datapuwa't dumarating ang oras, at ngayon nga"** Ito ay maaring alusyon sa Malakias 1:11 patungkol sa pangkalahatang pagsamba. Kapansin-pansin na si Hesus ay nagdala ng regalo ng buhay na walang hanggan sa panahon ng Kanyang buhay at maging sa Kanyang kamatayan. Ang pananalitang ito ay nagpapakita ng tensyon na mayroon sa pagitan ng dawalang paparating ng Mesias. Ang dalawang makaHudyong panahon (Tignan Natatanging Paksa sa I Juan 2:17)ay ngayon ay nagpatong. Ang Bagong Panahon ng Espiritu ay nasa kasalukuyan, ngunit tayo pa rin ay namumuhay sa dating matandang masama at makasalanang panahon.

Si Hesus ay tunay na nag-aangkin na ang bagong panahon ay nagsimula sa Kanya Him. Ang bagong panahon ng Espiritu, ang makaMesyas na panahon, ay nagsimula ng napasinayaan!

▣ **"a espiritu at katotohanan"** Ang salitang "espiriut" (Tignan Natatanging Paksa asa 3:8) nagsasalita sa pagsamba nahindi apektado ng lokal o pisikal na basihan. Ang salita "katotohanan" ay ginamit sa Griyegong mundo upang banggitin ang mental na konsepto, habang ang Hebreong pinanggalingan ay ang katapatan o mapagkakatiwalaan. Tignan Natatanging Paksa sa Katotohanan sa 6:55 at 17:3.

▣ **"ang Ama"** Ito hindi napakakaraniwan na tawagin ang Diyos "Ama" sa Bagong Tipan na hindi sasamahan ng pagtukoy kay Hesus bilang Kanyang natatanging Anak.

## NATATANGING PAKSA: AMA

Ang OT ay nagpapakilala ng matalik na pangpamilyang metapora ng Diyos bilang isang Ama:

1. ang bansang Israel ay madalas na inilalarawan bilang "anak" ni YHWH (cf. Osea 11:1; Malakias 3:17)
2. maging ang sinaunang Deuteronomy ay gumamit ng analohiya ng Diyos bilang isang Ama (1:31)
3. sa Deuteronomio 32 ang Israel ay tinawag na "kanyang mga anak" at ang Diyos ay tinawag na "inyong ama"
4. ay analohiyang ito ay isinaad sa Awit 103:13 at nabuo sa Awit 68:5 (ang ama ng mga ulila)
5. ito karaniwan sa mga propeta (cf. Isaias 1:2; 63:8; Israel bilang isang anak, Diyos bilang Ama, 63:16; 64:8; Jer. 3:4,19; 31:9).

Si Hesus ay nagsalita ng Aramaic, na ibig sabihin ay marami sa mga lugar na kung saan ang " Ama" ay lumabas sa Griyego *Pater* ay maaring nagpakita ng Aramaic *Abba* (cf. Marcos 14:36). Ang pampamilyang salita ito na "Tatay" o "Papa" ay nagpapakita ng pagiging matalik ni Hesus sa Ama; Ang pagpapakita Niyang ito sa Kanyang mga alagad ay naguudyok din sa atin ng pagiging matalik sa Ama. Ang salitang "Ama" ay ginamit ng mangilan-ngilan sa OT para sa YHWH, ngunit si Hesus ay ginagamit ito ng madalas at walang pagaalinlangan. Ito ay matinding kapahayagan sa bagong relasyon ng mga mananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Mateo 6:9).

▣ **"sapagka't hinahanap ng Ama ang mga gayon na maging mananamba sa kaniya."** Ang Diyos ay aktibong naghahanap ng mga naliligaw na sangkatauhan (cf. Isaias 55; Ezekiel 18:23,32; Lucas 19:10; Juan 1:12; 3:16).

**4:24 "Ang Diyos ay Espiritu"** Mayroong ilang mga maiikling mga pangungusap na nasa mga kasulatan ni Juan na naglalarawan sa karakter ng Diyos: (1) Ang Diyos ay pag-ibig; (2) Ang Diyos ay liwanag; (3) Ang Diyos ay espiritu. Ito ay maaring nangangahulugan ng (1) hindi pisikal; (2) hindi limitado sa isang lokalidad; (3) walang kaugnayan sa pagkakasunod-sunod ng oras o (4) makalangit vs. makalupa.

**4:25 "paririto ang Mesias** Ang salitang Mesias ay lumabas ng dalawang beses lamang sa NT, parehong nasa Ebanghelyo ni Juan (cf. 1:41; 4:25).

## NATATANGING PAKSA: MESIAS

Ito ay kinuha mula sa komentaryong isinulat sa Daniel 9:6. Ang kahirapan sa pagbibigay kahulugan ng talatang ito ay dahil sa ang mga posibleng mga kahulugan ay nauugnay sa salitang Mesias o ang isang pinahiran (BDB 603).

1. ginamit ng makaHudyong mga hari (e.g., I Samuel 2:10; 12:3)
2. ginamit ng makaHudyong mga saserdote (e.g., Levitico 4:3,5)
3. ginamit sa Cyrus (cf. Isaias 45:1)
4. #1 at #2 ay pinagsama sa Awit 110 at Zacarias 4
5. ginamit sa espesyal na pagdating ng Diyos, ang pagkaDavid na Hari upang dalhin ang bagong panahon ng katwiran
   a. linya ni Judah (cf. Genesis 49:10)
   b. tahanan ni Jesse (cf. II Samuel 7)
   c. pangmalawakang paghahari (cf. Awit 2; Isaias 9:6; 11:1-5; Micah 5:1-4ff)

Ako ay personal na naaakit sa pagkakakilala bilang "ang isang pinahiran" kay Hesus ng Nazareth sapagkat sa

1. ang panimula sa walang hanggang Kaharian sa Daniel 2 sa panahong ng ikaapat na emperyo
2. ang panimula sa "ang anak ng tao " sa Daniel 7:13 na binigyan ng walang hanggang kaharian
3. ang pangungusap ng pagtutubos ng Daniel 9:24, na nagpupunto patungo sa pagpapasimula ng kasaysayan ng makasalanang mundo
4. ang paggamit ni Hesus ng aklat na Daniel sa NT (cf. Mateo 24:15; Marcos 13:14)

▣ **"na pagparito niya, ay ipahahayag niya sa amin ang lahat ng mga bagay"** Ito'y nagpapakita na ang mga Samaritano ay nag-aasam ng isang Mesias. Ito rin ay nagpapakita na nakita nila ang Mesias na dumarating bilang kapahayagan ng kabuuan ng Diyos.

**4:26 "Ako na nagsasalita sa iyo ay siya nga"** Ito ay maaring alusyon sa Isaias 52:6. Ito ay simple, bukas na pagpapatibay sa Kanyang PagkaDiyos (na napakaiba sa mga Sinoptikong Ebanghelyo)! Ito ay isang paglalaro sa "Ako ang," na nagpapakita ng Tipanang pangalan ng Diyos sa OT, YHWH (cf. Exodo3:12, 14). Si Hesus ay ginamit ang OT na pangalan para sa Diyos bilang isang daan sa pagtutukoy sa sariling kapahayagan ni YHWH na nakita ng malinaw ni Hesus (cf. Juan 8:24, 28,58; 13:19; 18:5 ikumpara Isaias 41:4; 43:10; 46:4). Ang espesyal na paggamit ng "Ako ang" dito ay dapat na paghiwalayin sa mga kilalang " Ako ang " na mga pangungusap sa Juan, 6:35, 51; 8:12; 10:7, 9, 11, 14; 11:25; 14:6; 15:1, 5, na sinusundan ng kwalipikadong mga PANGALAN.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:27-30

**[27]At sa ganito'y nagsidating ang kaniyang mga alagad; at sila'y nangagtaka na siya'y nakikipagsalitaan sa isang babae; gayon ma'y walang taong nagsabi, Ano ang iyong hinahanap? o, Bakit nakikipagsalitaan ka sa kaniya? [28] Sa gayo'y iniwan ng babae ang kaniyang banga ng tubig, at napasa bayan, at sinabi sa mga tao [29] Magsiparito kayo, tingnan ninyo ang isang lalake, na nagsabi sa akin ng lahat ng mga bagay na aking ginawa: mangyayari kayang ito ang Kristo? [30]Nagsilabas sila sa bayan, at nagsisiparoon sa kaniya.**

**4:27 "at sila'y nangagtaka na siya'y nakikipagsalitaan sa isang babae"** Sa kultural ito ay hindi ginawa ng ortodoks na mga Hudyo.

▣ **"gayon ma'y walang taong nagsabi, Ano ang iyong hinahanap? o, Bakit nakikipagsalitaan ka sa kaniya? "** Ito ay mga komento ng mga buhay na saksi mula sa Juan. Maaring naalala niya ang nakagigimbal na pangyayaring ito ng mabuti!

**4:28 "iniwan ng babae ang kaniyang banga ng tubig"** Ito ay napakagandang buhay na saksi, ang makasaysayang puna ay nagpapakita ng kagalakan ng babaeng ito habang siya ay tumakbong pabalik sa kanyang nayon upang magpatotoo (cf. vv. 29-30).

**4:29 "mangyayari kayang ito ang Kristo"** Ang gramatikal na hubog ay umaasa ng isang "hindi" na kasagutan, ngunit ang konteksto ay nagpapakita na siya mismo ay tunay na naniwala. Siya nga! Ang konteksto ay nanaig sa gramar!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:31-38

**[31] Samantala ay ipinamamanhik sa kaniya ng mga alagad, na nangagsasabi, Rabi, kumain ka. [32] Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Ako'y may pagkaing kakanin na hindi ninyo nalalaman. [33] Ang mga alagad nga ay nangagsangusapan, May tao kayang nagdala sa kaniya ng pagkain? [34] Sinabi sa kanila ni Hesus, Ang pagkain ko ay ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa. [35] Hindi baga sinasabi ninyo, May apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani? narito, sa inyo'y aking sinasabi, Itanaw ninyo ang inyong mga mata, at inyong tingnan ang mga bukid, na mapuputi na upang anihin. [36] Ang umaani ay tumatanggap ng upa, at nagtitipon ng bunga sa buhay na walang hanggan; upang ang naghahasik at ang umaani ay mangagalak kapuwa. [37] Sapagka't dito'y totoo ang kasabihan, Isa ang naghahasik, at iba ang umaani. [38] Kayo'y sinugo ko upang anihin ang hindi ninyo pinagpagalan: iba ang nangagpagal, at kayo'y siyang nagsipasok sa kanilang pinagpagalan.**

**4:32** Ito ay isa na namang alusyon sa dualism ng langit vs. lupa, ang espiritwal vs. ang pisikal. Si Hesus ay para sa pageebanghelyo, misyon ng pagpapahayag. Ang mga tao ang kanyang prioridad!

**4:34 "Ang pagkain ko ay ang aking gawin ang kalooban ng sa akin ay nagsugo, at tapusin ang kaniyang gawa"** Sa Juan 17 isng malinaw na ekspresyon ng pagkakaunawa ni Hesus kung anu ang nais ng Ama na Kanyang gagawin (cf. Marcos 10:45; Lucas 19:10; Juan 6:29). Ang pagkakasalungat ay sa pagitan na si Hesus ay ipinadala mula sa taas, mula sa pinakapresenya ng Diyos, ang Ama, bilang Kanyang misyon ay upang ipahayag ang Ama at gawin ang trabaho ng Ama. Ito ang bertikal na dualism na katangi-tangi sa Juan (taas laban sa ibaba, espiritu laban sa laman).

Mayroong magkakaibang mga salita na ginamit kay Hesus bilang isinugo.

1. *pempō* (4:34; 5:23,24,30,37; 6:38,39,40,44; 7:16,18,28,33; 8:16,18,26,29; 9:4; 12:44,45,49; 14:24; 15:21; 16:5)
2. *apostellō* (3:17,24; 5:36,38; 6:29,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,18,21,23,25; 20:21)

Ang mga ito ay magkasingkahulugan na ipinapakita ng 20:21. Ito rin ay nagpapakita na ang mga mananampalataya ay ipinadala rin sa ligaw na mundo bilang kinatawan ng Ama para sa layunin ng pagtutubos (cf. II Corinto 5:13-21).

## NATATANGING PAKSA: ANG KALOOBAN NG (*thelēma*) NG DIYOS

**ANG EBANGHELYO NI JUAN**

- Si Hesus ay dumating upang gawin ang kalooban ng Ama (cf. 4:34; 5:30; 6:38)
- upang buhayin sa huling panahon yaong lahat ng binigay ng Ama sa Anak (cf. 6:39)
- na lahat ay manampalataya sa Anak (cf. 6:29,40)
- mga sinagot na mga panalangin na ayon sa pagsagawa ng kalooban ng Diyos (cf. 9:31 and I Juan 5:14)

**ANG SINOPTIKONG EBANGHELYO**

- ang pagsasagawa ng kalooban ng Diyos ay krusyal (cf. Mateo 7:21)
- ang pagsasagawa ng kalooban ng Diyos ay naggagawa sa isa na maging kapatid kay Hesus (cf. Mateo 12:50; Marcos 3:35)
- hindi kalooban ng Diyos na ang sinoman ay mapahamak (cf. Mateo 18:14; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9)
- Ang Kalbasyo ay ang kalooban ng Ama para kay Hesus (cf. Mateo 26:42; Lucas 22:42)

**ANG MGA SULAT NI PABLO**

- ang pagiging ganap at paglilingkod ng lahat ng mananampalataya (cf. Roma 12:1-2)
- ang mga mananampalataya ay mailigtas sa masamang panahong ito (cf. Galacia 1:4)
- ang kalooban ng Diyos ay ang Kanyang planong pagtutubos (cf. Efeso 1:5,9,11)
- ang mga mananampalataya ay dumaranas at nabubuhay ng puspos ng Espiritu (cf. Efeso 5:17-18)
- ang mga mananampalataya ay puspos ng karunungan ng Diyos (cf. Colosas 1:9)
- ang mananampalataya ay inuring ganap at kompleto (cf. Colosas 4:12)
- ang mga manamanpalataya ay pinagpapaging banal (cf. I Thesalonica 4:3)
- ang mga mananampalataya ay laging nagpapasalamat sa lahat ng bagay (cf. I Thesalonica 5:18)

**ANG MGA SULAT NI PEDRO**

- ang mga mananampalataya ay gumagawa ng tama (i.e., nagpapasakop sa mga awtoridad sibil) at manapay napapatahimik ang mga hangal na tao, nagbibigay daan sa pageebanghelyo (cf. I Pedro 2:15)
- ang pahihirap ng mga mananampalataya (cf. I Pedro 3:17; 4:19)
- ang mananampalataya ay hindi namumuhay ng makasariling pamumuhay (cf. I Pedro 4:2)

**ANG MGA SULAT NI JUAN**

- ang mga mananampalataya ay nanatili magpakailanman (cf. I Juan 2:17)
- ang mga mananampalataya ang susi sa panalanging tinugon (cf. I Juan 5:14)

**4:35 "'May apat na buwan pa, at saka darating ang pagaani"** Ito ay isang metaporikal na talata na nagpapakita na ang oportunidad para sa isang espiritwal na pagtugon ay ngayon na! Ang mga tao ay naligtas sa pananampalataya sa Kanya sa panahon ng buhay ni Hesus, hindi lamang pagkatapos ng muling pagkabuhay.

**4:36-38 "Isa ang naghahasik, at iba ang umaani"** Ang mga talatang ito ay nagtutukoy sa ministeryo ng mga propeta o posibleng kay Juan na Tagabautismo. Ito ay ginamit sa I Corinto 3:6-8 sa relasyon sa pagitan ng ministeryo ni Pablo at ministeryo ni Apollo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:39-42

**[39] At marami sa mga Samaritano sa bayang yaon ang sa kaniya'y nagsisampalataya dahil sa salita ng babae, na nagpatotoo, Sinabi niya sa akin ang lahat ng mga bagay na aking ginawa [40] Kaya nang sa kaniya'y magsidating ang mga Samaritano, ay sa kaniya'y ipinamanhik nila na matira sa kanila: at siya'y natira roong dalawang araw. [41] At lalo pang marami ang mga nagsisampalataya sa kaniya dahil sa kaniyang salita; [42] At sinabi nila sa babae, Ngayo'y nagsisisampalataya kami, hindi dahil sa iyong pananalita: sapagka't kami rin ang nakarinig, at nalalaman naming ito nga ang Tagapagligtas ng sanglibutan.**

**4:39 "marami sa mga Samaritano sa bayang yaon ang sa kaniya'y nagsisampalataya"** Si Juan ay gumagamit ng PANDIWA "manampalataya" sa kombinasyong kasama ang ilang mga ibang mga salita: "manampalataya sa" (*en*), "manampalataya na" (*hoti*), at, pinakamadalas, "manampalataya kay" (*eis*) o ilagay ang tiwala sa (cf. 2:11,23; 3:16,18,36; 6:29,35,40; 7:5,31,38, 48; 8:30; 9:35,36; 10:42; 11:25,26,45,48; 12:11,37,42,44,46; 14:1,12; 16:9; 17:20). Sa simula ang mga Samaritano ay naniwala

dahil sa patotoo ng babae (v. 39), ngunit matapos nilang marinig si Hesus sila ay personal na tinanggap ang Kanyang patotoo (vv. 41-42). Si Hesus ay pumunta para sa ligaw na tupa ng Israel, ngunit ang Kanyang Ebanghelyo ay para sa buong sangkatauhan: Samaritano, Syro-Phoenician na mga babae, at mga Romanong sundalo (cf. Roma10:12; I Corinto 12:13; Galacia 3:28-29; Colosas 3:11). Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

▣ **"dahil sa salita ng babae, na nagpatotoo"** Kung ang Diyos ay ginamit ang patotoo ng sinungaling at immoral na babae, kaya Niya rin gamitin ang akin at sa iyo! Ang talatang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng isang personal na patotoo. Tignan Natatanging Paksa: Pagpapatotoo kay Hesus sa 1:8.

**4:40**

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV** | **"pagtatanong"** |
| **NKJV** | **"pinilit"** |
| **TEV, NJB** | **"nakiusap"** |

Ito ay matibay na Griyegong salita at dapat na isalin sa "pinilit" or "nakiusap." Ang intensidad ng salita ito ay makikita sa pagkakagamit nito sa v. 47 (cf. Lucas 4:38).

**4:42 "Tagapagligtas ng sanglibutan"** Ang kaparehong pangkalahatang titulong ito ay ginamit sa I Juan 4:14. Ito rin ay ginamit sa pangkalahatang pakahulugan sa pag-ibig ng Diyos para sa lahat ng tao (cf. I Timoteo 2:6; Hebreo 2:9; I Juan 2:2). Ang pangako ng f Genesis 3:15 ay natupad! Noong unang siglo ang talatang ito ay madalas na ginagamit sa Caesar. Ang persekusyon ng mga Romano ay nangyari dahil sa mga Kristyano ay ginamit ang titulong ito para kay Hesus lamang. Ang titulong ito ay nagpapakita rin kung paano ang mga may-akda sa NT ay inilagay ang titulo ng Diyos Ama sa Anak Tito 1:3 — Tito 1:4; Tito 2:10 — Tito 2:13; Tito 3:4 — Tito 3:6. Ang mga Hudyo ay itinakwil si Hesus (cf. 1:11), ngunit ang mga Samaritano ay mabilis at dagliang tinggap Siya (cf. 1:12)!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:43-45

**43 At pagkaraan ng dalawang araw ay umalis siya doon at napasa Galilea. 44 Sapagka't si Hesus din ang nagpatotoo, na ang isang propeta ay walang kapurihan sa kaniyang sariling lupain. 45 Kaya nang siya'y dumating sa Galilea, ay tinanggap siya ng mga Galileo, nang kanilang mangakita ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginawa sa Herusalem sa kapistahan: sapagka't sila man ay nagsiparoon din sa kapistahan.**

**4:43** Ang talatang ito ay nagpapakita na si Hesus ay nakagagalaw ng mas Malaya at mas madalas sa pagitan ng Judea at Galilee kaysa sa pwedeng isipin mula sa mga Sinoptikong Ebanghelyo.

**4:44** Ito ay hindi napakakarinawang talata sapagkat ito ay hindi tugma sa naunang konteksto. Ito a maaring tumutukoy sa ministeryo sa Galilean na magsisimula pa lang (cf. 4:3). Ang kawikaang ito ay matatagpuan din sa Mateo 13:57; Marcos 6:4; Lucas 4:24. Sa mga Sinoptiko ito ay tumutukoy sa Galilee, ngunit dito ito ay tumutukoy sa Judea.

Ang mga Galileans ay nagsabi rin na "tinanggap" si Hesus, ngunit marami sa kanila ay hindi sumunod sa pagtanggap at sa kalaunay iniwanan Siya. "Manampalataya" at "tanggapin" ay nagsasangkot ng higit pa sa panimulang pagtanggap (cf. the Parable of the Soils in Mateo 13:18-23; Marcos 4:12-20; Lucas 8:11-15). Tignan Natatanging Paksa: Ang Pangangailangan ng Pagpapatuloy sa 8:31.

**4:45 "tinanggap siya ng mga Galileo"** Mayroon na silang karanasan sa mga katuruan at mga himala ni Hesus sa panahon ng naunang Paskuang pagbisita sa Herusalem. Ito ay nagpapahiwatig ng sila ay nagtiwala kay Hesus bilang Mesias ng Diyos (cf. 1:12) kahit sa pinakamaliit na antas (cf. v. 48).

▣ **"sapagka't sila man ay nagsiparoon din sa kapistahan"** Ang NET na Bibliya ay tinandaan ang isa na namang panaklong na komentong ito ng may-akda, na ginagawa nila sa lahat ng v. 44 (cf. NRSV, NIV).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:46-54

**46 Naparoon ngang muli siya sa Cana ng Galilea, na doo'y kaniyang pinapaging alak ang tubig. At naroroon ang isang mahal na tao, na ang kaniyang anak na lalake ay may-sakit sa Capernaum. 47 Nang mabalitaan niya na si Hesus ay dumating sa Galilea na mula sa Judea, ay naparoon siya sa kaniya, at ipinamanhik sa kaniya na siya'y lumusong, at pagalingin ang kaniyang anak na lalake; sapagka't siya'y naghihingalo. 48 Sinabi nga sa kaniya ni Hesus, Malibang kayo'y mangakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ay hindi kayo magsisipaniwala sa anomang paraan. 49 Ang mahal na tao ay nagsabi sa kaniya, Ginoo, lumusong ka bago mamatay ang aking anak. 50 Sinabi sa kaniya ni Hesus, Yumaon ka ng iyong lakad; buhay ang anak mo. Pinaniwalaan ng lalake ang salitang sinalita sa kaniya ni Hesus, at siya'y yumaon sa kaniyang**

**lakad. [51] At samantalang siya'y lumulusong, ay sinalubong siya ng kaniyang mga alipin, na nangagsasabi, na ang kaniyang anak ay buhay. [52] Itinanong nga niya sa kanila ang oras nang siya'y pasimulan ng paggaling. Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, Kahapon nang ikapitong oras inibsan siya ng lagnat. [53] Naunawa nga ng ama na sa oras na yaon nang sabihin sa kaniya ni Hesus, Buhay ang anak mo: at siya'y sumampalataya, at ang kaniyang buong sangbahayan. [54] Ito nga ang muling pangalawang tanda na ginawa ni Hesus, nang siya'y pumaroon sa Galilea na mula sa Judea.**

**4:46**
**NASB, NRSV,**

| | |
|---|---|
| **NJB** | **"isang mahal na opisyal"** |
| **NKJV** | **"isang kilalang tao"** |
| **TEV** | **"isang opisyal ng gobyerno"** |

Ito ay opisyal ng gobyerno na naglilingkod sa pamilya ng mga Herodes.

**4:48 "'Malibang kayo'y mangakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ay hindi kayo magsisipaniwala sa anomang paraan."** Ito ay isang IKATLONG KLASENG KONDISYONAL PANGUNGUSAP na mayroong isang matibay na DOBLENG NEGATIBO. Si Hesus ay tinawag ang lalakeng ito sa PANGMARAMIHAN. Ang mga Hudyo ay naghahanap ng mga tanda (cf. 2:18; 6:2, 30; Mateo12:38; 16:1). Ngunit ang tagapaglingkod ni Herodes ay naniwala bago pa man ang tanda ay ibinigay.

**4:49 "bata"** Sa tatlong talata si Juan ay gumagamit ng tatlong magkakaibang mga salita.

1. v. 49 – *paidion* (NASB, "bata")
2. v. 50 – *hyiōs* (NASB, "anak")
3. v. 51 – *pais* (NASB, "anak")

Kapansin-pansin na ang mga salitang ito ay ginamit ng magkasingkahulugan.

**4:50** Ang talatang ito ay sumasalo sa esensya ng Ebanghelyo ni Juan—manampalataya kay Hesus, maniwala sa Kanyang mga salita, maniwala sa Kanyang mga gawa, manampalataya sa Kanyang Persona! Ang pananampalataya ng lalakeng ito ay napatibay sa kanyang paniniwala kay Hesus kahit hindi pa nito nakikita ang alin man sa Kanyang mga pangako.

**4:53 "at siya'y sumampalataya, at ang kaniyang buong sangbahayan"** Ito ang una sa maraming pangyayari na kung saan ang pananampalataya ng isang tao ay nakaapekto sa buong pamilya.

1. Cornelius (Mga Gawa 10:44-48)
2. Lydia (Mga Gawa 16:15)
3. ang bantay-bilangguan sa Philippian (Mga Gawa 16:31-34)
4. Crispus (Mga Gawa 18:8)
5. Stephanus (I Corinto 1:16)

Mayroong matinding talakayan patungkol sa kaligtasan ng sambahayan , ngunit dapat na pagpilitian na ang lahat ng myembro ay kailangan na personal na tanggapin si Hesus para sa kanilang mga sarili. Ang Gitnang Silangan ay mas higit na makatribu at nakatuon sa pamilya kaysa sa modernong mga kultura. Totoo rin na ang ibang mahahalagang tao ay nakakapekto sa ating mga desisyon.

**4:54** Ang pampublikong tanda ay ang kasalan sa Pista ng Canaan (cf. 2:1-11).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit iniwan ni Hesus ang lugar ng Judah?
2. Gumamit ba si Juan ng Romanong oras o makaHudyong oras?
3. Bakit napakahalaga ng pakikipag-usap niHesus sa babaeng Samaritan?
4. Paanong ang talata 20 ay nakakaapekto sa relasyon sa pagitan ng mga denominasyon ngayon?

5. Ipaliwanag ang nakakamanghang pananalita na ginawa ni  Hesus sa talata 26.
6. Ang mga taga Galilea ba ay nagpakita ng tunay na pananampalataya?

# JUAN 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapagaling Sa Tangke ng Bethesda | Ang Lalake Pinagaling sa Tangke ng Bethesda | Pagpapagaling sa Lumpong Lalake sa Araw ng Sabbath | Ang Pagpapagaling sa Tangke | Ang Paglunas sa Maysakit na Lalake sa Tangke ng Bethesda |
| 5:1-9a | 5:1-15 | 5:1 | 5:1-6 | 5:1-9a |
| | | 5:2-9a | | |
| | | | 5:7 | |
| | | | 5:8-9a | |
| 5:9b-18 | | 5:9b-18 | 5:9b-10 | 5:9b-18 |
| | | | 5:11 | |
| | | | 5:12 | |
| | | | 5:14 | |
| | | | 5:16 | |
| | | | 5:15-17 | |
| | Parangalan ang Ama at ang Anak | | 5:18 | |
| Ang Awtoridad ng Anak | 5:16-23 | Ang Kaugnayan ni Hesus sa Diyos | Ang Awtoridad ng Anak | |
| 5:19-29 | | 5:19-24 | 5:19-23 | 5:19-47 |
| | Buhay at Paghuhukom ay sa Pamamagitan ng Anak | | | |
| | 5:24-30 | | 5:24-29 | |
| | | 5:25-29 | | |
| | | Ebidensya ni Hesus sa Kanyang Relasyon sa Diyos | Patotoo kay Hesus | |
| 5:30 | | 5:30 | 5:30 | |
| Ang Patotoo kay Hesus | Ang Apatang Patotoo | | | |
| 5:31-40 | 5:31-47 | 5:31-38 | 5:31-40 | |
| | | Sinaway ni Hesus Yaong mga Tumanggi sa Kanyang Alok | | |
| | | 5:39-47 | | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 5:1-9a

**1 Pagkatapos ng mga bagay na ito'y nagkaroon ng pista ang mga Hudyo; at umahon si Hesus sa Herusalem. 2 Sa
Herusalem nga'y may isang tangke sa tabi ng pintuan ng mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Betesda, na may
limang portiko 3 Na sa mga ito ay nangaghandusay ang marami sa kanilang mga maysakit, mga bulag, mga pilay, mga
natutuyo, 4 [Sapagka't lumulusong ang isang anghel ng Panginoon sa mga tanging panahon sa tangke at kinakalawkaw
ang tubig: at ang unang manaog sa tangke, pagkatapos na makalawkaw ang tubig ay gumagaling sa anomang sakit na
dinaramdam.] 5 At naroon ang isang lalake, na may tatlongpu't walong taon nang maysakit. 6 Nang makita ni Hesus na
siya'y nakahandusay, at mapagkilalang siya'y malaon nang panahong maysakit, ay sinabi niya sa kaniya, Ibig mo
bagang gumaling? 7 Sumagot sa kaniya ang lalaking maysakit, Ginoo, wala ng taong maglusong sa akin sa tangke,
pagkalawkaw sa tubig: datapuwa't samantalang ako'y naparoroon, ay nakalusong na muna ang iba bago ako. 8 Sinabi sa
kaniya ni Hesus, Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka. 9 At pagdaka'y gumaling ang lalake, at
binuhat ang kaniyang higaan at lumakad. Noon nga'y araw ng Sabbath.**

**5:1 "pista"** Ang ilang mga sinaunang mga Griyegong ansialong manuskripto, ℵ at C, ay mayroong "ang kapistahan," ngunit karamihan sa mga manuskripto ay mayroong "ang pista" ($P^{66}$, $P^{75}$, A, B, at D). Mayroong tatlong taunang mga araw ng kapistahan na inuutos para sa mga Hudyong lalake na dapat daluhan lahat hanggang maari (cf. Leviticus 23): (1) Paskua; (2) Pentekost; at (3) ang Kapistahan ng Tabernakulo. Kung ito ay tumutukoy sa Paskua, samakatwid si Hesus ay nagkaroon ng apat na taong pampublikong ministeryo sa halip na tatlo (cf. 2:13, 23; 6:4: 12:1). Pinanghahawakan ng tradisyon na si Hesus ay nagkaroon ng tatlong taong papublikong ministeryo pagkatapos ng pagbabautoismo ni Juan. Ito binigyan katiyakan lamang sa mga bilang ng mga Paskuang kapistahan na binanggit sa Ebanghelyo ni Juan.

▣ **"at umahon si Hesus sa Herusalem."** Si Hesus ay sinasabing nagpunta sa mga pista sa Herusalem ng makailang beses sa Juan (cf. 2:13; 5:1; 7:10; 12:12). Ang Herusalem ay itinayo sa pitong mga burol at mas mataas sa mga nakapaligid na lupain. Kaya ang talatang "umakyat" ay maaring pisikal na totoo. Gayunpaman, ito marahil ay isang metaporang idyoma ng pagiging pre-iminente. Ang Herusalem, dahil sa Templo, ay ang pinakamataas na lugar sa daigidg at sentro ng daigdig.

**5:2 "pintuan ng mga tupa"** Ang "tarangkahan ng mga tupa" ay nasa hilagang silangan na bahagi ng pader ng Herusalem. Ito ay binanggit sa muling pabubuo at paghahandog ng mga pader ng siudad ni Nehemiah (cf. Nehemiah 3:1, 32; 12:39).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"isang tangke sa tabi ng pintuan ng mga tupa, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Betesda"** |
| **NRSV** | **"tinawag sa Hebreo Beth-zatha"** |
| **TEV** | **"sa Hebreo ito ay tinawag na Bethzatha"** |
| **NJB** | **"tinawag na Bethesda sa Hebreo"** |

May mga ilang alternatibong mga pagbaybay sa pangalang ito. Si Josephus ay tinawag din itong sa Hebreong pangalan na "Bethzatha," na siyang pangalan para sa isang seksyon ng Herusalem. Ito rin ay tinawag na "Bethsaida" sa mga Griyegong manuskripto. Ang Qumram na tansong nakabalumbon ay tinawag itong "Bethesda," na ang ibig sabihin ay "tahanan ng awa" o "tahanan ng dobleng bukal." Sa ngayon ito ay kilala bilang tangke ni St. Anne. Sa panahon ni Hesus ang mga Hudyo ng Palestina ay nagsasalita ng Aramaic, hindi Hebreo. Sa Juan kapag sinabing "Hebreo" ang ibig sabihin nito ay Aramaic (cf. 5:2;19:13,17,20; 20:16; Pahayag 9:11; 16:16). Lahat ng mg pananalita ni Hesus na gaya ng

1. *Talitha kum*, Marcos 5:41
2. *Ephphatha*, Marcos 7:34
3. *Eloi, Eloi, lama sabachthani*, Marcos 15:34 ay nasa Aramaic.

**5:4** Ang talatang (3b-4) ay sa kalaunay naging eskribang komentaryo na sumusubok na ipaliwanag

1. ang presensya ng lahat ng maysakit sa may tangke
2. bakit ang lalakeng ito ay lubhang napakatagal na doon
3. bakit niya ninanais na may isang tao na magdadala sa kanya sa tubigan, v. 7

Kapansin pansin ito sa makaHudyong katutubong kwento. Hindi ito bahagi ng orihinal na Ebanghelyo ni Juan. Ang ebidensya sa talatang ito na hindi naisasama ay:

1. wala ito sa manuskripto $P^{66}$, $P^{75}$, א, B, C*, D
2. ito ay minarkahan ng asterisk sa halos mahigit 20 na mga karagdagan sa mga nahuling Griyegong manuskripto, na nagpapakita na ang tekstong ito ay iniisip na wala ito sa orihinal
3. mayroong ilang mga hindi makaJuan na mga salitang ginamit sa maikling talata na ito.

Ito ay isinama sa ilang mga naunang Griyegong ansialong manuskripto, A, $C^3$, K, at L. Ito ay isinama rin sa Diatessaron (mahigit A.D. 180), at mga kasulatan ni Tertullian (A.D. 200), Ambrose, Chrysostom, at Cyril. Ito ay nagpapakita ng kanyang kalumaan ngunit hindi ang pagiging kasama sa orihinal kinasihan na Ebanghelyo. Ito ay kasama sa KJV, NASB (1995 Binago, kasama ng mga panaklong), at NKJV, ngunit inalis sa NASB (1970), NRSV, NJB, REB, NET Bible, at NIV.

Para sa isang magandang talakayan sa ibat ibang mga manuskripto ng isang ebanghelikal tekstwal na manunuri, tignan Gordon Fee, *To What End Exegesis?*, pp. 17-28.

**5:5-6** Sa eksaktong dahilan kung bakit pinili ni Hesus ang particular na lalakeng ito ay lingid sa atin. Posibleng dahil nandoon na siya ng pinakamatagal. Mayroong maliit na pananampalataya ay hinanap sa bahagi ng lalake. Kagyat si Hesus ay sinubukang magpsimula ng komprontasyon sa mga pinunong Hudyo. Ito ang nagbigay sa Kanya ng pagkakataon na pagtibayin ang Kanyang Makamesyas na pag-aangkin. Ang eskatolohikal na talata ng Isaias 35:6 maaring may kaugnayan sa Makamesyas na pagpapagaling.

Marami sa mga himala ni Hesus ay hindi ginawa ng pangunahin sa indibidwal, ngunit para doon sa mga nanonood.

1. mga disimulo
2. mga awtoridad ng Hudyo
3. mga tao

Pinili ng Ebanghelyo ang ilang mga himala upang malinaw na ipahayag kung sino si Hesus. Ang mga pangyayaring ito ay kumakatawan sa Kanyang mga pangaraw-araw na aksyon. Sila ay pinili upang ipakita ang

1. Kanyang persona
2. Kanyang pagkahabag
3. Kanyang kapangyarihan
4. Kanyang awtoridad
5. Kanyang malinaw na kapahayagan sa Ama
6. Kanyang malinaw na kapahayagan sa Makamesyas na panahon

**5:8 "Magtindig ka, buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka."** Ito ay serye ng mga utos.

1. isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS
2. sinundad ng AORIST AKTIBONG PAUTOS
4. tapos isa pang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS

Ang papag ay isang telang unan na ginagamit ng mahihirap para sa pagtulog. Para sa maysakit, lumpo, at paralitikong mga tao ito ay nagsisilbing upuan sa buong maghapon (cf. Marcos 2:4,9,11,12; 6:55; Mga Gawa 9:33).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:9b-18

**9b Noon nga'y araw ng Sabbath. 10 Kaya sinabi ng mga Hudyo sa kaniya na pinagaling, Ito'y araw ng Sabbath, at hindi matuwid na buhatin mo ang iyong higaan. 11 Nguni't sila'y sinagot niya, Ang nagpagaling sa akin, ang siya ring sa akin ay nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka 12 Tinanong nila siya, Sino ang taong sa iyo'y nagsabi, Buhatin mo ang iyong higaan, at lumakad ka? 13 Nguni't hindi nakikilala ng pinagaling kung sino siya; sapagka't si Hesus ay humiwalay, palibhasa'y may isang karamihan sa dakong yaon. 14 Pagkatapos ay nasumpungan siya ni Hesus sa templo, at sa kaniya'y sinabi, Narito, ikaw ay gumaling na: huwag ka nang magkasala, baka mangyari pa sa iyo ang lalong masama. 15 Umalis ang tao, at sinaysay sa mga Hudyo na si Hesus ang sa kaniya'y nagpagaling. 16 At dahil dito'y pinagusig ng mga Hudyo si Hesus, sapagka't ginagawa niya ang mga bagay na ito sa araw ng Sabbath. 17 Datapuwa't sinagot sila ni Hesus, Hanggang ngayo'y gumagawa ang aking Ama, at ako'y gumagawa. 18 Dahil dito nga'y lalo nang pinagsikapan ng mga Hudyo na siya'y patayin, sapagka't hindi lamang sinira ang araw ng Sabbath, kundi tinatawag din naman na kaniyang sariling Ama ang Diyos, na siya'y nakikipantay sa Diyos.**

**5:9b "Noon nga'y araw ng Sabbath"** Ang mga pinunong Hudyo ay hindi man lang nakisaya sa paggaling ng lalake, bagkus sila ay nainis sa pagsusuway ni Hesus sa Pasalitang Tradisyon (sa kalaunay naisulat sa Talmud) na may koneksyon sa Sabbath (cf. vv. 16, 18; Mateo 7: 1-23).

Ang pagpapagaling ni Hesus sa Sabbath ay maipapaliwanag sa dalawang paraan.

1. Si ay nagpapagaling araw araw, ngunit ay kontrobersiya ay nabuo sa mga pagpapagaling tuwing Sabbath
2. Pinili Niya ang isyung ito upang magdulot ng kontrobersiya at upang ayain ang mga pinuno ng relihiyon na magkaroon g teolohikal na dyalogo

Si Hesus ay madalas magpagaling tuwing Sabbath (cf. Mateo 12:9-14; Marcos 1:29-31; 3:1-6; Lucas 6:6-11; 14:1-6; Juan 5:9-18; 9:14). Si Hesus ay nagpalayas ng mga demonyo tuwing Sabbath (cf Marcos 1:21-28); Lucas 13:10-17). Ipinagtanggol ni Hesus ang mga alagad sa pagkain sa panahon ng Sabbath (cf. Mateo12:1-8; Marcos 2:23-28). Si Hesus

ang nagpasimula ng mga kontrobersyal na mga paksa sa sinagoga sa Sabbath (cf. Lucas 4:16-30; Juan 7:14-24).

**5:13 "sapagka't si Hesus ay humiwalay"** Sa literal ito ay "baluktutin ang ulo sa kabilang bahagi." Si Hesus ay gaya lamang ng isang normal na Hudyo sa Kanyang panahon. Nawala na lang Siya sa maraming mga tao.

**5:14**
**NASB, NRSV,**
**NJB "huwag ka nang magkasala,"**
**NKJV "Huwag nang magkasala"**
**TEV "kaya tumigil na sa pagkakasala"**

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG PANTUKOY na madalas na ibig sabihin ay pahintuin ang isang nangyayaring proseso, ngunit sa kontekstong ito ay parang hindi (cf. NET Bible, p. 1907 #8). Ang mga Hudyong teolohiko ng unang sgilo ay tinignan ang karamdaman na may kinalaman sa kasalanan (cf. Santiago 5:14-15). Hindi ito nagpapaliwanag sa lahat ng karamdaman, na makikita sa kung paano hinarap ni Hesus ang lalakeng ipinanganak na bulag (cf. Juan 9) at ang mga salita ni Hesus sa Lucas 13:1-4.

Si Hesus ay patuloy pa rin tinutugon ang espiritwal na buhay ng lalakeng ito. Ang ating mga aksyon ay nagpapakita n gating puso at pananampalataya. Ang Biblikal na pananampalataya ay parehong obhektibo at subhektibo, parehong paniniwala at aksyon.

Sa ngayon ay mayroong pagdidiin ng iglesya sa pisikal na kagalingan. Ang Diyos ay tunay paring nagpapagalingil. Ngunit ang banal na kagalingan ay dapat na resulta ng epsiritwal na pagbabago ng pamumuhay at prioridad. Ang magandang katanungan na maari "bakit mo gustong gumaling?"

## NATATANGING PAKSA: ANG KAGALINGAN BA AY PLANO NG DIYOS SA BAWAT PANAHON?

1. Ang kagalingan ay mahalagang aspeto ng ministeryo ni Hesus at mga Apostoles.
2. Ang pangunahing intensyon nito ay kompirmahin ng radikal ang kanilang bagong menshae patungkol sa Diyos at sa Kanyang kaharian.
3. Ito ay nagpapakita ng puso ng Diyos para sa mga nasasaktang mga tao.
4. Ang Diyos ay hindi nagbago (Mal. 3:6) at Siya ay gumagawa pa rin ng may pag-ibig para sa kagalingan.
5. Narito ang mga halimbawa na kung saan ang kagalingan ay hindi nangyari.
   a. Pablo, II Corinto 12:7-10
   b. Trophimus, II Timoteo 4:20
6. Ang kasalanan at karamdaman ay pinagsasama ng mga rabi at ng Santiago (cf. Juan. 9:2; Santiago 5:13-18).
7. Ang kagalingan ay hindi garantiya ng Bagong Tipanan. Hindi ito parte ng atonement na inilarawan ng Isaiah 53 at Psalm 103.
8. Mayroong totoong misteryo patungkol sa kung bakit ang ilan ay gumaling at ang iba ay hindi.
9. Posibleng bagamat ang kagalingan ay presente sa bawat panahon, mayroong mahalagang pagdami sa panahon ng buong buhay ni Hesus; ang pagdaming ito ay mangyayari muli bago ang Kanyang muling pagbabalik.

**5:15 "Umalis ang tao, at sinaysay sa mga Hudyo"** Ang eksaktong motibasyon sa likod ng pagbibigay alam sa mga Hudyong awtoridad ay hindi tiyak.

1. ito marahil ay hindi pinag-isipan, simpleng aksyon na nagpapakita na ang kagalingan ay hindi lagi nagsisimula sa pananampalataya o nagtatapos sa pananampalataya
2. Sinabihan siya ni Hesus na gawin nga (cf. Mateo 8:4; Marcos 1:44; Lucas 5:14; 17:14)

**5:16 "sapagka't ginagawa niya ang mga bagay na ito sa araw ng Sabbath."** Ang PANDIWA ay isang DI GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO na nagsasabi ng patuloy na aksyon sa nakalipas na panahon. Hindi ito ang una o huling pagpapagaling ni Hesus sa Sabbath!

**5:17**
**NASB "Datapuwa't sinagot sila ni Hesus"**
**NKJV, REV,**
**NRSV, NIV "Ngunit si Hesus ay sumagot sa kanila"**
**NJB "Ang Kanyang sagot sa kanila ay"**

Ang mga eskriba na kumopya ng naunang Griyegong manuskripto ay may pagkiling na

1. pasimplehin ang gramatika
2. gumawa ng partikular na pronominal na mga reperensiya
3. gawing pamantayan ang mga talata

Mahirap na malaman kung alin sa mga anyo ng v. 17 ay orihinal.

1. "ngunit Siya. . ." – $P^{75}$, א, B, W
2. "ngunit si Hesus. . ." – $P^{66}$, A, D, L
3. "ngunit ang Panginoon. . ." o "ang Panginoong Hesus" – Syriac na mga salin

Ang UBS[4] ay nagbibigay ng opsyon #2 na "C" na antas (mahirap na makapagdesisyon).

▣ **"Hanggang ngayo'y gumagawa ang aking Ama, at ako'y gumagawa."** Ang mga ito ay parehong PANGKASALUKUYANG GITNA (deponente) na mga INDIKATIBO. Si Hesus ay nagsasabi na ang Ama ay hindi tumigil sa paggawa ng mabuti sa panahon ng Sabbath at maging ang Anak (para sa isang magandang talakayan ng talatang ito tignan Manfred Brauch, *Abusing Scripture*, p. 219). Ito, ang tunay na pakahulugan, ay isang pagpapatibay sa kaunawaan ni Hesus sa Kanyang natatanging relasyon sa Ama (cf. vv. 19-29).

Ang makaHudyong konsepto ng monoteismo (cf. Deuteronomio 6:4) ay naipapahayag ng praktikal sa "isang dahilanlayunin" na paliwanag ng mga pangyayari dito sa mundo (cf. Hukom 9:23; Job 2:10; Ecclesiastes 7:14; Is. 45:7; 59:16; Panaghoy 3:33-38; Amos 3:6). Ang lahat ng mga aksyon ay siyang sukdulang aksyon ng isang tunay na Diyos. Nang si Hesus ay nanindigan ng dalawang ahente ng aksyon ng Diyos sa mundo, pinanindigan Niya ang banal na kadahilanan. Ito ay mahirap na problema ng Trinidad. Isang Diyos, ngunit tatlong personal na manipestasyon (cf. Mateo 3:16-17; 28:19; Juan 14:26; Mga Gawa 2:33-34; Roma 8:9-10; I Corinto 12:4-6; II Corinto 1:21-22; 13:14; Galacia 4:4; Efeso 1:3-14; 2:18; 4:4-6; Tito 3:4-6; I Pedro 1:2). Tingnan NATATANGING PAKSA: Ang Trinidad sa 14:26.

**5:18 "Dahil dito nga'y lalo nang pinagsikapan ng mga Judio na siya'y patayin,"** Mayroong dalawang dahilan kung bakit gusto ng mga Hudyo na patayin si Hesus.

1. Siya ay sumuway ng hayagan (lit. "nahiwalay," DI-GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO, cf. Mateo 5:19) sa Pasalitang Tradisyon (Talmud) na may kinalaman sa Sabbath
2. Ang Kanyang mga pananalita ay nagpapakita na sila ay nakaunawa sa Kanya na umaangkin ng pagkapantay sa Diyos (cf. 8:58-59; 10:33; 19:7)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:19-23

**19 Sumagot nga si Hesus at sinabi sa kanila, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagka't ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan. 20 Sapagka't sinisinta ng Ama ang Anak, at sa kaniya'y ipinakikita ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa: at lalong dakilang mga gawa kay sa mga ito ang sa kaniya'y ipakikita niya, upang kayo'y magsipanggilalas. 21 Sapagka't kung paanong ibinabangon ng Ama ang mga patay at sila'y binubuhay, gayon din naman binubuhay ng Anak ang kaniyang mga ibigin. 22 Sapagka't ang Ama'y hindi humahatol sa kanino mang tao, kundi ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol; 23 Upang papurihan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpapapuri sa Ama. Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo.**

**5:19,24,25 "Katotohanan, katotohanang"** Sa literal ito ay "Amen, amen." Ang salitang "amen" ay isang saling salita mula sa Hebreo. Ito ay may orihinal na ibig sabihin na katiwa-tiwala. Ito ay ginamit upang panindigan ang isang katotohanan. S i Hesus lamang ang napag-alamang gumamit ng salitang sa simula ng pangungusap. Ginamit Niya ito upang panimulan ang isang mahalagang mga pangungusap. Si Juan ang tanging nagtala ng dalawahang paunang salita ito. Tignan NATATANGING PAKSA: Amen sa 1:51.

**5:19 "ang Anak"** Mayrooong isang teolohikal na kahalagan na paguulit ng salitang "Anak" sa mga sumsunod na ilang mga talata. Ito ay ginamait ng walong beses sa maikling kontekstong ito. Ito ay nagpapakita ng natatanging pagkakaunawa ni Hesus sa Kanyang relasyon sa Ama at nagpapakita ng mga titulong, : Anak ng Tao" at " Anak ng Diyos".

▣ **"Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili"** Gaya ng madalas na katotohanan, ang NT ay nagpresenta ng kabalintunaang ekspresyon ni Hesus. Sa ilang mga teksto

1. Siya ay isa kasama ng Diyos (cf. 1:1; 5:18; 10:30,34-38; 14:9-10; 20:28)
2. Siya ay hiwalay sa Ama (cf. 1:2,14,18; 5:19-23; 8:28; 10:25,29; 14:10,11,12,13,16; 17:1-2)
3. Siya man ay nagpapasakop sa Kanya (cf. 5:20,30; 8:28; 12:49; 14:28; 15:10,19-24; 17:8)

Ito ay marahil upang ipakita na si Hesus ay ganap na banal, ngunit hiwalay, may ibang personal at walang hanggang manipestasyon ng pagkadiyos

Sa komentaryong inedit ni John Raymond E. Brown, The Jerome Biblical Commentary, isang magandang pundo ang ginawa: "Ang implikasyon ng pagpapasakop dito ay hindi dapat alisin sa pamamagitan ng pagsasagawa na ang mga salita ni Hesus ay tumutukoy lamang sa kanyang makataong kalikasan. . .Ito rin ay pagsablay sa maayos nap

unto ng makaJuan na Kristolohiya. Bagkus, si Hesus ay nagpipilit sa lubusang kaayusan ng mga gawain sa pagitan ng Ama at Anak, na, syempre, ay nagnanais ng radikal na pagkikilala sa kalikasan; ang parehong proses ay ginamit sa 16:12ff. ang iugnay ang Banal na Espiritu sa Anak. Ngunit sa buong Ebanghelyo ito hindi natin makikita kailanman ang Trinidad na nilulunasan bilang paksang pag-aaral ng abstrak na teolohiya; ito ay laging nilalapitan mula sa punto na may kinalaman sa soteriolohiya" (p. 434).

▣ **"kundi ang makita niyang gawin ng Ama"** Ang sangkatauhan ay kailanman hindi nakita ang Ama (cf. v. 37 at 1:18), ngunit ang Anak na nag-aangkin ng matalik, personal, pangkasalukyang kaalaman sa Kanya (cf. 1:1-3).

▣ **"sapagka't ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa, ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan"** Sa mga aksyon at mga katuruan ni Hesus ang mga tao ay malinaw na makikita ang di-nakikitang Diyos (cf. Colosas 1:15 Hebreo 1:3).

**5:20 "Sapagka't sinisinta ng Ama ang Anak, at sa kaniya'y ipinakikita ang lahat ng mga bagay na kaniyang ginagawa:"** Ito ay parehong PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO na nagsasalita patungkol sa nangyayaring aksyon. Ito ang Griyegong salita para sa pag-ibig, *phileō*. Maaring inaasahan ng iba ang *agapeō* gaya ng sa 3:35. Ang dalawang mga salitang ito para sa pag-ibig ay mayroong malawak na semantikong pagsasanib sa Koine na Griyego (tignan D. A. Carson, *Exegetical Fallacies*, 2nd ed., pp. 32-33 at F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 73).

▣ **"dakilang mga gawa"** Ang kontekstong ito ay tumutukoy sa pagbubuhay sa mga patay (vv. 21,25-26) at pagsasagawa ng paghahatol (vv. 22,27).

▣ **"upang kayo'y magsipanggilalas."** Ang LAYUNING SUGNAY ay malinaw na nagpapakita ng layunin ng mga himala sa mga Hudyo (PANGMARAMIHAN kayo) manampalataya sa nag-iisang Anak (cf. v. 23; Mga Gawa 13:41 [Hab. 1:5]).

**5:21 "ibinabangon ng Ama ang mga patay at sila'y binubuhay, gayon din naman binubuhay ng Anak"** Sa Lumang Tipan ang YHWH ay ang tanging Siyang nagkapagbibigay buhay (cf. Deuteronomio32:39). Ang katotohanan na si Hesus ay kayang bumuhay ng patay ay katumbas ng pananalitang pagpantay kay YHWH (cf. v. 26). Si Hesus ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan ngyon (cf. II Corinto 5:17; Colosas 1:13) na idinugtong sa pisikal na manipestasyon ng bagong buhay na paparating sa v. 26 (cf. I Thesalonica 4:13-18). Ito marahil ang mas mahabang engkwentro ni Juan kay Hesus sa indibidwal na basehan, habang mayroon pang nanatiling mga tira sa panghinaharap na sama-samang pangyayari (parehong paghuhukom at kaligtasan).

▣ **"gayon din naman binubuhay ng Anak ang kaniyang mga ibigin."** Kanino kaya pipiliing ibigay ng Anak ang buhay? Sakontekstong ito ito hindi tekstong-pruweba para sa Calvinism, ngunit isang paninindigan na ang pananampalataya kay Hesus ay nagdadala ng buhay (cf. 1:12; 3:16). Ang tensyon ay dumarating mula sa 6:44,65. Ang Espiritu ba ay namimili ng "lahat " o "ilan"? Sa tingin ko halata na ang makasalanang tao ay hindi nagpapasimula sa espiritwal na kaharian, ngunit ako ay may biblikal na paninindigan sa katotohanan na sila ay dapat na tumugon( at patuloy na tumugon) sa panunuyo ng Espiritu sa pamamagitan ng pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagsusumigasig! Ang tunay na misteryo ay kung bakit ang ilan na nakarining ng Ebanghelyo ay nagsasabi ng "Hindi"! Tinawag ko itong "misteryo ng hindi paniniwala". Sa realidad ito ay parehong " ang Walang Kapatawarang Kasalanan" ng mga Ebanghelyo at " Kasalanang Nahantong sa Kamatayan" ng I Juan. Tignan NATATANGING PAKSA sa I Juan 5:16.

## NATATANGING PAKSA: EXEGETIKAL NA PAMAMARAAN PARA SA PAGBIBIGAY PAKAHULUGAN SA "ANG WALANG KAPATAWARANG KASALANAN"

A. Tandaan na ang mga Ebanghelyo ay nagpapakita ng Makahudyong tagpuan
   1. Dalawang uri ng mga kasalanan (cf. Lev. 4:2,22,27; 5:15,17-19; Num. 15:27-31; Deuteronomio 1:43; 17:12-13)
      a. di-sinasadya
      b. sinasadya
   2. Pre-Pentekostal ng Makahudyong tagpuan (i.e., ang katuparan ng Ebanghelyo at ang Espiritu ay hindi pa nakikita)

B. Pansinin ang literaturang konteksto ng Marcos 3:22-30
   1. Ang hindi paniniwala ng mismong pamilya ni Hesus (cf. 3:31-32)
   2. Ang hindi paniniwala ng mga Fareseo (cf. 2:24; 3:1,6,22)

C. Ikumpara ang mga kahanay na kung saan ang titulo na " Anak ng Tao" ay nagbago patungo sa " mga anak ng tao"
   1. Mateo 12:22-37 (i.e., 12:32, "isang salita na laban sa Anak ng Tao")

2. Lucas 11:14-26; 12:8-12 (i.e., 12:10, "isang salita na laban sa Anak ng Tao")
3. Marcos 3:28 (i.e., "Ang lahat ng mga kasalanan ay mapapatawad sa mga anak ng tao")

**5:22** Ang malakas na DOBLENG NEGATIBO at ang GANAP NA PAMANAHUNANG PANDIWA ay nagbibigay diin sa katotohanan na ang paghahatol ay naibigay na sa Anak (cf. 5:27; 9:39. Mga Gawa 10:42; 17:31; II Timoteo 4:1; I Pedro 4:5). Ang kagyat na kabalintunaan sa pagitan ng mga talatang ito at ang Juan 13:17 ay naipaliwang sa katotohanan na si Hesus, sa panahong ito ng mga "huling mga araw," ay hindi humatol kanino man, ngunit ang mga tao ay hinatulan ang kanilang mga sarili sa pamamagitan n g kanilang mga reaksyon kay Hesu Kristo. Ang ekastolohikal na paghuhukom ni Hesus (sa mga di-mananampalataya) ay nakabatay sa kanilang pagtanggap o pagtanggi sa Kanya.

Ang pagbibigay ng buhay na walang hanggan laban sa paghuhukom ay ang tema ng 3:17-21,36. Ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo, kapag tinagggihan, ay nagiging bagsik ng Diyos! Mayroong dalwang opsyon! Mayroon lamang iisang daan upang tanggapin ang nuhay na walang hanggan- pananampalataya kay Kristo (cf. 10:1-18; 14:6; I Juan 5:9-12)!

**5:23 "Upang papurihan ng lahat ang Anak"** Ang inklusibong salita " lahat" ay maaring tumukoy sa senaryo ng isang ekastolohikal na paghuhukom (cf. Filipos 2:9-11).

▣ **"Ang hindi nagpapapuri sa Anak ay hindi nagpapapuri sa Ama na sa kaniya'y nagsugo."** Ang pananalitang ito ay napakahawig sa I Juan 5:12. Walang makakakilala sa Diyos na hindi kilala ang Kanyang Anak, at sa kabaligtaran, walang makarangal o makakapuri sa Ama na hindi nakakapagparangal o nakakapagpuri sa Anak!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:24-29

**[24] Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan, at hindi mapapasok sa paghatol, kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan. [25] Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios; at ang mangakarinig ay mangabubuhay. [26] Sapagka't kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili, ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili: [27] At binigyan niya siya ng kapamahalaang makahatol, sapagka't siya'y anak ng tao. [28] Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, [29] At magsisi labas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol.**

**5:24 "Katotohanan, katotohanang"** Ang natatanging pagdodoble ni Juan (cf. v. 25) sa mga salita ni Hesus ay isang katangi-tanging introduksyon sa isang mahalagang mga pananalita. Tignan NATATANGING PAKSA Amen sa 1:51.

▣ **"Ang dumirinig ng aking salita, at sumasampalataya sa kaniya na nagsugo sa akin, ay may buhay na walang hanggan"** Ito ang mga tatlong PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWA. Ito ay nagbibigay diin sa pananampalataya (tignan NATATANGING PAKSA sa 2:23) sa Ama na nagpapakita ng pananampalataya sa Anak (cf. I Juan 5:9-12). Sa mg Sinoptiko, ang buhay na walang hanggan ay madalas na panghinaharap na pangyayari na inaasahan ng pananampalataya, ngunit sa Juan ito ay katangi-tanging pangkasalukuyang realidad (i.e., 8:51;11:25). Posible na ang salitang "nakaririnig" ay nagpapakita ng Hebreong salita *shema,* na ibig sabihin ay "makinig upang sumunod" (cf. Deuteronomio 6:4).

▣ **"nagsugo sa akin"** Ang PANDIWA *apostellō* (AORIST AKTIBONG PANTUKOY) ay ang ugat na anyo ng salitang "apostol" (cf. v. 36). Ito ay ginamit ng mga rabi bilang "isang ipinadala bilang opisyal na kinatawan para sa nakatakdang misyon ." Ang salita ito ay madalas na ginagamit sa Juan para sa Ama na nagpadala sa Kanyang Anak bilang kinatawan. Tignan puna sa 4:34.

## NATATANGING PAKSA: IPINADALA (*APOSTELLŌ*)

Ito ay karaniwang Griyegong salita para sa "ipinadala" (i.e., *apostellō*) A ng salitang ito ay mayroong ilang mga teolohikal na pagkakagamit.

1. ang mga rabi ay ginagamit ito bilang isang tinawag at ipinadala bilang opisyal na kinatawan ng iba, isang bagay gaya ng sa ating Englis na "ambasador" (cf. II Corinto 5:20)
2. ang mga Ebanghelyo ay madalas na gumagamit sa salitang ito kay Hesus na isinugo ng Ama. Sa Juan ang salita ay nagdadala ng Makamesyas na pandinig (cf.Mateo 10:40; 15:24; Marcos 9:37; Lucas 9:48 at lalo na sa Juan 5:36,38; 6:29,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3, 8,18, 21, 23, 25; 20:21). Ito ay ginamit ni Hesus pagpapadala sa mga mananampalataya (cf. Juan 17:18; 20:21[parehong *apostellō* at ang kasingkahulugan nito *pempō* ginamit sa v. 21])
3. ang NT ay ginamit ito sa mga alagad

a. ang orihinal na labindalawang panloob sa kalipunan ng mga alagad (e.g., Marcos 6:30; Lucas 6:13; Mga Gawa 1:2,26)

b. isang espesyal na grupo ng mga Apostolik na tagapaglingkod at tagabigay tulong na mga manggagawa

(1) Barnabas (cf. Mga Gawa 14:4,14)

(2) Andronicus at Junias (KJV, Junia, cf. Roma 16:7)

(3) Apollos (cf. I Corinto 4:6-9)

(4) Santiago ang kapatid ng Panginoon (cf. Galacia 1:19)

(5) Silvanus at Timothy (cf. I Thesalonica 2:6)

(6) posibleng si Tito (cf. II Corinto 8:23)

(7) posibleng si Epaphroditus (cf. Filipos 2:25)

c. isang nangyayaring kaloob ng iglesya (cf. I Corinto 12:28-29; Efeso 4:11)

4. Si Pablo ay gumagamit ng titulong ito para sa kanyang sarili, sa halos lahat ng kanyang mga sulat bilang isang paraan ng kanyang paninindigan sa ipinagkaloob ng Diyos na awtoridad bilang kinatawan ni Kristo(cf. Roma 1:1; I Corinto 1:1; II Corinto 1:1; Galacia 1:1; Efeso 1:1; Colosas 1:1; I Timoteo 1:1; II Timoteo 1:1; Tito 1:1).

▣ **"kundi lumipat na sa kabuhayan mula sa kamatayan"** Ito ay isang GANAP NA AKTIBONG INDIKATIBO; na ang nangyari sa nakaraan ay siya na nagyon isang pangkasalukuyang sitwasyon. Ang Kaharian ng Diyos ay pangkasalukuyan, ngunit panghinaharap, ganun din, ang walang hanggang buhay (cf. vv. 25-26; I Juan 3:14). Ang talata 25 ay isang matibay na pananalita sa presensya ng Kaharian sa ngayon!

**5:25 "Dumarating ang panahon, at ngayon nga,"** Ito ay isang uri ng lenggwahe na kumikilala sa mga kasulatan ni Juan . Ang mga salita ang mga talata ay madalas na may dalawang pakahulugan. Sa kasong ito, " oras" ay nangangahulugang.

1. oras ng kaligtasan
2. oras ng paghuhukom

Ang panahong sukatan ay parehong pangkasalukuyan at panghinaharap (cf. v. 29; 6:39,44,54). Anu ang ginawa kay Hesus ngayon ang magdedetermina sa kanya kung anu ang mangyayari sa hinaharap. Ang kaligatsan at paghuhukom ay parehong isang pangkasalukuyang realidad at isang panghinaharap na katuparan (cf. v. 28).

## NATATANGING PAKSA: ANG ORAS

Ang salita "oras" ay ginamit sa ilang magkakaibang mga kaparaanan sa mga Ebanghelyo, gaya ng

1. isang panahong pantukoy (cf. Mateo 8:13; Lucas 7:21; Juan 11:9)
2. isang metapora para sa isang panahon ng pagsubok at paglilitis (cf. Mateo 10:19; Marcos 13:11; Lucas 12:12)
3. isang metapora para kay Hesus para sa Kanyang panimulang ministeryo (cf. Juan 2:4; 4:23)
4. isang metapora para sa araw ng paghuhukom (i.e., Pangalawang Pagdating, cf. Mateo 24:36,44; 25:13; Marcos 13:32; Juan 5:25,28)
5. isang metapora para sa masidhing pagnanais ni Hesus (cf. Mateo 26:45; Marcos 14:35,41; Juan 7:30; 8:20; 12:23,27; 13:1; 16:32; 17:1)

▣ **"ay maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Diyos"** Ang talatang 25 ay nagsasalita tungkol sa mga patay espiritwal; v. 29 ay nagsasalita patungkol sa muling pagkabuhay ng lahat ng mga patay pisikal. Ang Bibliya ay nagsasalita sa tatlong uri ng kamatayan.

1. espiritwal na kamatayan (cf. Genesis 3)
2. pisikal na kamatayan (cf. Genesis 5)
3. walang hanggang kamatayan (cf. Efeso 2:2; Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy, impyerno (Gehenna).

Ito ay bihirang paggamit ng talatang "Anak ng Diyos." Tignan NATATANGING PAKSA sa I Juan 3:8. Isang dahilan sa hindi paggamit sa talatang ito ng maraming beses ay sa kadahilanang ang panrelihiyong pananaw ng mga Griyego sa Diyoss (Mt. Olympus) ay ang pagkuha sa babae bilang asawa o kasama. Ang estado ni Hesus bilang Anak ng Diyos ay hindi nagpapakita ng sekswal na henerasyon o pagkakasunod sunod ng panahon, ngunit isang matalik na relasyon. Ito ay isang Makahudyong pampamilyang metapora. Si Hesus ay naninindigan sa Kanyang Pagkadiyos sa mga pinunong Hudyong ito sa napakalinaw at partikular na paraan sa pamamagitan ng paggamit ng OT na mga kategorya (cf. 5:21,26).

**5:26 "kung paanong ang Ama ay may buhay sa kaniyang sarili,"** Ito ay ang pangunahing kahulugan ng salitang YHWH mula sa Exodo 3:14. Ang anyong ito ng Tipanang Pangalan para sa Diyos ay nagmumula sa Hebreong PANDIWA "maging." Ang ibig sabihin nito ay walang hanggang nabubuhay, Nag-iisang laging buhay. Tignan NATATANGING PAKSA: Pangalan Para sa PagkaDiyos sa 6:20.

Sa OT tanging si YHWH ay may "buhay" (cf. I Timoteo 1:17; 6:16) at tanging Siya lamang ang nakapagbibigay nito sa iba (i.e., Job 10:12; 33:4; Awit 36:9). Si Hesus ay nag-aangkin na si YHWH ay nagbibigay ng kaparehong natatanging kapangyarihan sa Kanya!

▣ **"ay gayon din namang pinagkalooban niya ang Anak na magkaroon ng buhay sa kaniyang sarili:"** Ito ay malakas na paninindigan sa Pagkadiyos ni Hesus (cf. 1:4; I Juan 5:11).

**5:27** Ang dahilan kung bakit si Hesus ay may kakahayan na (*exousia*, has authority, cf. 10:18; 17:2; 19:11) humatol na tama ay sapagkat Siya ay ganap na Diyos ngunit ganap ding tao. Walang TIYAK NA ARTIKULO sa talatang "Anak ng Tao" (cf. Ezekiel 2:1 and Awit 8:4). Lubusan Niya tayong kilala (cf. Hebreo 4:15); Lubusan Niyang kilala ang Diyos (cf. 1:18; 5:30). Nakakabigla na sa konteksto kung saan tinawag ni Hesus ang Kanyang sarili na "ang anak" (cf. v. 19 [dalawang beses],20,21,22,23 [dalawang beses],25,26) na sa v. 27 ang titulong "anak ng tao" (ngunit walang karaniwang TIYAK NA KATAGA) ay ginamit. Gayunpaman, ang parehong paglipat ay sa (1) 3:13,14 vs 3:16,17,18,35,36; (2) 6:27,53 vs. 6:40; at (3) 8:28 vs. 8:35,36. Si Hesus ay gumamit ng parehong titulo para sa Kanyang sarili ng palitan.

**5:28 "Huwag ninyong ipanggilalas ito"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na may NEGATIBONG PANTUKOY na madalas ang ibig sabihin ay patigilin ang isang paggawa na kasalukuyang nasa proseso. Gaya ng pagkagimbal ni Hesus sa Kanyang mga naunang mga salita sa mga pinunong Hudyo, ang Kanyang kasunod na pananalita ay makakagimbal din sa kanila ng lubusan.

▣ **"na ang lahat ng nangasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig,"** Ito ay marahil nagpapakita ng pagsigw ng Mesias sa Muling Pagbabalik (cf. I Thesalonica 4:16). Si Lazarus (cf. 11:43) ay ang pananaw ng pangyayaring ito. Hindi ito nakakabawas sa katotohanan ng II Corinto 5:6,8. Ito ay naninindigan sa pangkalahatan at awtoridad ng Anak.

Higit sa kontekstong ito ay nauugnay sa realidad ng espiritwal na buhay dito at ngayun ( naunawaang ekastolohiya). Ngunit ang talatang ito ay naninindigan din sa pangwakas na panahong panghinaharap na ekastolohikal na pangyayari. Ang tensyong ito sa pagitan ng nangyari na at ang hindi pa nangyari ng Kaharian ng Diyos ay nagpapakilala ng mga katuruan ni Hesus sa mga Sinoptiko ngunit lalo na sa Juan.

**5:29** Ang Bibliya ay nagsasalita sa muling pagkabuhay ng parehong masama at mabuti (cf. Dan 12:2; Mateo 25:46; Act 24:15). Karamihan sa mga talata ay nagbibigay diin sa muling pagkabuhay ng mga mabuti lamang (cf. Job 19:23-29; Isaias 26:19; Jn 6:39-40,44,54; 11:24-25; I Corinto 15:50-58).

Hindi ito tumutukoy sa paghuhukom batay sa mga gawa, ngunit sa halip sa paghuhukom batay sa pamumuhay ng mga mananampalataya (cf. Mateo 25:31-46; Galacia 5:16-21). Mayroong pangkalahatang prinsipyo sa Salita ng Diyos at mundo, ang mga tao ay aani ayon sa kanilang itinanim (cf. Kawikaan 11:24-25; Galacia 6:6). O kung ilalagay sa sipi ng OT , "Ang Diyos ay magbabalik sa tao ayon sa kanilang mga ginawa" (cf. Awit 62:12; 28:4; Job 34:11; Kawikaan 24:12; Mateo 16:27; Roma 2:6-8; I Corinto 3:8; II Corinto 5:10; Efeso 6:8 and Colosas 3:25).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:30

**30 Hindi ako makagagawa ng anoman sa aking sarili: humahatol ako ayon sa aking naririnig: at ang paghatol ko'y matuwid; sapagka't hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban niyaong nagsugo sa akin**

**5:30** Si Hesus, ang nagkatawang tao na Logos ng Diyos ay sumailalim at nagpasakop sa Ama. Ang matinding pagbibigay diin na ito ay lumitaw din sa v. 19 ("ang Anak ay walang magagawa"). Hindi ito nangangahulugan na ang Anak ay mas mababa, ngunit ang Trinidad ay nagtalaga ng gawaing pagtutubos sa tatlong magkakaibang persona, Ama, Anak, at ang Espiritu.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:31-47

**31 Kung ako'y nagpapatotoo sa aking sarili, ang patotoo ko ay hindi katotohanan.
32 Iba ang nagpapatotoo sa akin; at talastas ko na ang patotoong isinasaksi niya sa akin ay totoo.
33 Kayo'y nangagsugo kay Juan, at siya'y nagpatotoo sa katotohanan.
34 Datapuwa't ang patotoo ay hindi mula sa tao: gayon ma'y sinasabi ko ang mga bagay na ito, upang kayo'y mangaligtas.
35 Siya ang ilawang nagniningas at lumiliwanag; at inibig ninyong kayo'y mangagkatuwang sumandali sa kaniyang liwanag.
36 Datapuwa't ang aking pagpapatotoo ay lalong dakila kay sa kay Juan; sapagka't ang mga gawang ibinigay sa akin ng aking Ama upang ganapin, ang gayon ding mga gawa na aking ginagawa, ay nagpapatotoo tungkol sa akin, na ako'y sinugo ng Ama.
37 At ang Ama na nagsugo sa akin, ay siyang nagpatotoo tungkol sa akin. Kailan ma'y hindi ninyo narinig ang kaniyang tinig, ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo.
38 At kayo'y walang salita niya na nananatili sa inyo: sapagka't hindi kayo nagsisisampalataya sa kaniyang sinugo.
39 Saliksikin ninyo ang mga kasulatan, sapagka't iniisip ninyo na sa mga yaon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin.
40 At ayaw kayong magsilapit sa akin, upang kayo'y magkaroon ng buhay.**

**[41] Hindi ako tumatanggap ng kaluwalhatiang mula sa mga tao. [42] b Datapuwa't nakikilala ko kayo, na kayo'y walang pagibig ng Diyossa inyong sarili. [43] Naparito ako sa pangalan ng aking Ama, at ayaw ninyo akong tanggapin: kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling pangalan, ay siya ninyong tatanggapin. [44] Paanong kayo'y makapananampalataya, kayong nangagtatanggapan sa isa't isa ng kaluwalhatian at hindi ninyo pinaghahanap ang kaluwalhatiang nanggagaling sa tanging Dios? [45] Huwag ninyong isiping ako ang sa inyo'y magsusumbong sa Ama: may isang magsusumbong sa inyo, sa makatuwid baga'y si Moises, yaong pinaglagakan ninyo ng inyong pagasa. [46] Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat. [47] Nguni't kung hindi kayo nagsisipaniwala sa kaniyang mga sulat, ay paanong magsisisampalataya kayo sa aking mga salita?**

**5:31** Sa Lumang Tipan mayroong pangangailangan ng dalawang patotoo upang makompirma ang isang bagay (cf. Num 35:30; Deuteronomio 19:15). Sa kontekstong ito si Hesus ay nagbibigay ng limang patotoo para sa Kanyang sarili.

1. ang Ama (vv. 32,37)
2. si Juan na Tagabautismo (v. 33, cf. 1:19-51)
3. ang sariling mga gawa ni Hesus (cf. v. 36)
4. ang Kasulatan (cf. v. 39)
5. si Moses (cf. v. 46) na nagpapakita ng Deuteronomio 18:15-22

Tignan NATATANGING PAKSA sa 1:8.

▣ **Kung"** Ito ay isang IKATLONG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagsasalita ng potensyal na aksyon.

▣ **"ng patotoo ko ay hindi katotohanan"** Ito marahil ay sumasalungat sa 8:14. Ang konteksto ay nagpapakita na ang mga pananalitang ito ay ginawa sa magkaibang mga tagpuan. Dito si Hesus ay nagpapakita kung gaano karami ang ibang mga patotoo meron pa Siya, ngunit sa 8:14 pinanindigan Niya na ang sa Kanya lamang ang kailagan!

Para sa "totoo" tignan NATATANGING PAKSA: Katotohanan sa Juan ng 6:55.

**5:32 " ang nagpapatotoo sa akin"** Ito ay tumutukoy sa Diyos Ama (cf. I Juan 5:9) dahil sa pagkakagamit sa salitang allos, na ang ibig sabihin ay "isa pang kaparehong uri" sa salungat ng pagkakaiba ng *heteros,* na ibig sabihin ay "isa sa naiibang uri," bagamat ang pagkakaibang ito ay unti unting nawawala sa Koine na Griyego. Tignan NATATANGING PAKSA: Mga Patotoo kay Hesus sa 1:8.

**5:33 "Kayo'y nangagsugo kay Juan"** Ito ay tumutukoy kay Juan na Tagabautismo (cf. 1:19).

**5:34 "sinasabi ko ang mga bagay na ito, upang kayo'y mangaligtas."** Ito ay isang AORIST DI-AKTIBONG PASAKALI. Ang DI-AKTIBONG TINIG ay nagpapahiwatig ng ahente ng Diyos o ang Espiritu (cf. 6:44,65). Tandaan ang mga Ebanghelyo ay ebanghelikong mga proklamasyon (i.e., traks), hindi mga makasaysayang biograpiya. Mayroong ebanghelikong layunin sa lahat ng mga nakatala (cf. 20:30-31).

**5:35 "Siya ang ilawang nagniningas"** Ito ay isa na naman pagbibigay diin sa liwanag, dito ay ang paghahanda sa mensage ni Juan(cf. 1:6-8).

**5:36 "ng gayon ding mga gawa na aking ginagawa, ay nagpapatotoo tungkol sa akin,"** Ang mga aksyon ni Hesus ay mga katuparan sa OT na mga propesiya patungkol sa Mesias. Ang mga Hudyo sa Kanyang panahon ay nakakilala sa mga mahimalang tanda – pagpapagaling sa bulag, pagpapakain sa mga dukha, pagpapanumbalik sa mga lumpo (cf. Isaias29:18; 32:3-4; 35:5-6; 42:7). Ang kapangyarihan ng mga katuruan, matuwid na pamumuhay, habag, ang matinding mga himala(cf. 2:23;10:25,38; 14:11; 15:24) ay nagbabaon ng malinaw na patotoo sa kung sino nga Siya, saan Siya nagmula, ang kung Sino ang nagsugo sa Kanya.

**5:37 "ay siyang nagpatotoo tungkol sa akin"** Ang "Siya" ay tumutukoy sa Ama. Sa konteksto ng talatang ito marahil ito ay tumutukoy sa OT na Kasulatan (cf. Hebreo1:1-3). Ito ay nagsasangkot ng lahat ng Makamesyas na mga reperensiya sa OT (cf. v. 39).

▣ **"ni hindi man ninyo nakita ang kaniyang anyo."** Si Hesus ay nanindigan na bagamat ang mga Hudyo ay dapat nakakilala sa Diyos sa pamamagitan ng mga Kasulatan at personal na karanasan sa pagsamba, hindi talaga nila Siya nakilala ng lubusan (cf. 8:43; Isaias 1:1-15;6:9-10; 29:13; Jer. 5:21).

Sa OT, ang pagtingin sa PagkaDiyos ay napagtanto na nagdadala ng kamatayan. Ang tanging tao na nakipagusap kay YHWH ng mukha sa mukha ay si Moses gayunpaman ang pagtatagpo ay sa pamamagitan ng kubli ng Ulap. Marami ang nag-akala na ang Exodo33:23 ay sumasalungat sa Juan 1:18. Gayunpaman, ang Hebreong salita sa Exodus ay nangangahulugang "nakadaang kaluwalhatian," hindi ang pisikal na anyo.

**5:38 "walang salita niya na nananatili sa inyo"** Ito ang dalawang makapangyarihang mga metapora sa mga kasulatan ni Juan.

Ang salita (logos) ng Diyos ay dapat tanggapin, minsan itong matanggap (cf. 1:12) ito ay dapat na manatili (manatili, cf. Juan 8:31; 15:4,5,6,7,10; I Juan 2:6,10,14,17,24,27,28; 3:6,14,15,24). Si Hesus ay ang buong kapahayagan ng Diyos (cf. Juan 1:1-18; Filipos 2:6-11; Colosas 1:15-17; Hebreo 1:1-3). Ang kaligtasan ay napapatunayan sa pamamagitan ng nagpapatuloy na pakikipagrelasyon (Hebreong pakahulugan ng "makilala" cf. Gen. 4:1; Jer. 1:5) at ang pagpapatibay ng mga Ebanghelyong mga katotohanan (Griyegong pakahulugan ng "makilala" cf. II Juan 9).
Ang salitang "nanatili" ay ginamit sa pakahulugang matalik, personal na pakikipagrelasyon ng may pagsusumigasig. Ang pananatili ay isang kondisyon ng tunay na kaligtasan (cf. kabanata 15) Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan sa Juan.

1. ang Anak sa Ama (cf. 10:38; 14:10,11,20,21; 17:21)
2. ang Ama sa Anak (cf. 10:38; 14:10,11,21; 17:21,23)
3. mga mananampalataya sa Anak (cf. 14:20,21; 15:5; 17:21)
4. mga mananampalataya sa Anak at sa Ama (cf. 14:23)
5. ang mga mananampalataya sa salita (cf. 5:38; 8:31; 15:7; I Juan 2:14).

Tignan NATATANGING PAKSA sa I Juan 2:10.

**5:39 "Saliksikin ninyo ang mga kasulatan"** Ito ay maaring isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO o isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS. Dahil ito ay nasa talaan ng mga patotoo na itinakwil ng mga Hudyo it ay posibleng isang INDIKATIBO.

Narito ang trahedya ng mga pinunong Hudyo: nasa kanila an g Kasulatan, binasa nila, pinag-aralan nila, tinandaan nila, subalit nagmintis sila sa personang pinupunto nito! Kung wala ang Espiritu, maging ang mga Kasulatan ay hindi epektibo! Ang tunay na buhay ay nagmumula lamang sa personal, sumusunod na pananampalatayang pakikipagrelasyon (i.e., Deuteronomio 4:1; 8:13; 30:15-20; 32:46-47).

▣ **"at ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa akin."** Ito ay tumutukoy sa mga Kasulatan sa OT, na natupad ni Hesus (i.e., 1:45; 2:22; 5:46; 12:16,41; 19:28;20:9). Karamihan sa mga naunang pangangaral ni Pedro (cf. Mga Gawa 3:18; 10:43) at Pablo (cf. Mga Gawa 13:27; 17:2-3; 26:22-23,27) sa Mga Gawa ay gumamit ng mga natupad na propesiya bilang ebidensya sa pagiging Mesias ni Hesus. Lahat maliban sa isang talataan (I Pedro 3:15-16), na nagpapatibay ng awtoridad ng Kasulatan na matatagpuan sa NT (cf. I Corinto 2:9-13; I Thesalonica 2:13; II Timoteo 3:16; I Pedro 1:23-25; II Pedro 1:20-21), na tumutukoy sa OT. Si Hesus ay malinaw na nakita ang Kanyang sarili bilang katuparan at tungohin (at ang nararapat na tagapagbigay kahulugan, cf. Mateo 5:17-48) ng OT.

## NATATANGING PAKSA: ANG *KERYGMA* NG SINAUNANG IGLESYA

A. Ang mga pangako ng Diyos na ginawa sa Lumang Tipan ay nagkaroon na ngayon na katuparan sa pagdating ni Hesus ang Mesias (Mga Gawa 2:30-31; 3:19,24; 10:43; 26:6-7,22; Roma 1:2-4; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:1-2; I Pedro 1:10-12; 2 Pedro 1:18-19).
B. Si Hesus ay pinahiran ng Diyos bilang isa Mesias sa Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:38).
C. Si Hesus ay nagsimula ng Kanyang ministeryo sa Galilea pagkatapos ng Kanyang bautismo (Mga Gawa 10:37).
D. Ang Kanyang ministeryo ay nakikitaan ng pagagawa ng mabuti at pagpapamalas ng matitinding mga gawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos (Marcos 10:45; Mga Gawa 2:22; 10:38).
E. Ang Mesias ay ipinako sa krus ayon sa walang hanggang layunin ng Diyos (Marcos 10:45; Juan 3:16; Mga Gawa 2:23; 3:13-15,18; 4:11; 10:39; 26:23; Roma 8:34; I Corinto 1:17-18; 15:3; Galacia 1:4; Hebreo 1:3; I Pedro 1:2,19; 3:18; I Juan 4:10).
F. Siya ay binuhay mula sa mga patay at nagpakita sa Kanyang mga alagad (Mga Gawa 2:24,31-32; 3:15,26; 10:40-41; 17:31; 26:23; Roma 8:34; 10:9; I Corinto 15:4-7,12ff; I Thesalonica 1:10; I Timoteo 3:16; I Pedro 1:2; 3:18,21).
G. Si Hesus ay inangat ng Diyos at binigyan ng pangalang "Panginoon" (Mga Gawa 2:25-29,33-36; 3:13; 10:36; Roma 8:34; 10:9; I Timoteo 3:16; Hebreo 1:3; I Pedro 3:22).
H. Ibinigay Niya ang Banal na Espiritu upang magtatag ng bagong komunidad ng Diyos (Mga Gawa 1:8; 2:14-18,38-39; 10:44-47; I Pedro 1:12).
I. Siya ay muling babalik para sa paghuhukom at pagpapanibago ng lahat ng bagay (Mga Gawa 3:20-21; 10:42; 17:31; I Corinto 15:20-28; I Thesalonica 1:10).
J. Lahat ng nakarinig sa mensahe ay dapat na magsisi at mabautismuhan (Mga Gawa 2:21,38; 3:19; 10:43,47-48; 17:30; 26:20; Roma 1:17;10:9; I Pedro 3:21).

Ito ay nagsisilbing paraan bilang isang esensyal na proklamasyon ng sinaunang iglesya, bagamat magkakaibang mga may-akda ng Bagong Tipan ay maaring magiwan ng isang bahagi o magbibigay diin sa ibang mga particular sa kanilang mga pangangaral. Ang buong Ebanghelyo ng Marcos ay malapit na sumunod sa Makapedrong aspeto ng kerygma. Si Marcos ay tardisyonal na nakita sa pageestruktura ng mga sermon ni Pedro, nangaral sa Roma, patungo sa isinulat na Ebanghelyo. Parehong si Mateo at Lucas ay sumunod sa pangunahing estruktura ni Marcos.

**5:41-44** Ang mga talatang ito ay parang nagpapakita ng katotohanan na ang mga Hudyong pinuno ng mga relihiyon ay nasisiyahan sa mga palakpak mula sa kanilang mga kasamahan. Sila ay nagluwalhati sa pagsipi sa mga rabi mula sa nakaraan, ngunit dahil sa pagkabulag espiritwal nagmintis sila sa pinakadakilang guro, na Siyang kasama nila. Isa ito sa malalakas na pagtatanggi ni Hesus sa unang siglong rabinikal na Judaismo (pansinin din ang parable sa Mateo 21:33-46; Marcos 12:1-12; Lucas 20:9-19).

**5:41**
**NASB, NRSV** **"Hindi ako tumatanggap ng kaluwalhatiang mula sa mga tao"**
**NKJV** **"Hindi ako tumatanggap ng karangalan mula sa mga tao"**
**TEV** **"Hindi ako naghahanap ng papuri mula sa tao"**
**NJB** **"Ang pantaong kaluwalhatian ay walang halaga sa akin"**

Ang salitang "kaluwalhatian," doxa, ay mahirap na maisalin ng hindi nagbabago (tignan NATATANGING PAKSA sa 1:14). Ito ay nagpapakita ng Hebreo, "luwalhati," kabodh, na ginamit bilang isang paraan sa ekspresyon sa maliwanag, at busilak na presensya ng Diyos (cf. Exodo 16:10; 24:17; 40:34; Mga Gawa 7:2) at purihin at bigyan parangal ang Diyos para sa Kanyang karakter at mga gawa. Ang magandang talata na nagsasama sa mga konotasyon ito ay ang II Pedro 1:17.

Ang busilak na aspeto ng pinakapresensya at karakter ng Diyos ay maiuugnay sa

1. mga anghel (cf. Lucas 2:9; II Pedro 2:10)
2. pagiging sukdulan ni Hesus (cf. Juan 1:14; 8:54; 12:28; 13:31; 17:1-5,22,24; I Corinto 2:8; Filipos 4:21)
3. naisasailan sa mga mananampalataya (cf. Roma 8:18,21; I Corinto 2:7; 15:43; II Corinto 4:17; Colosas 3:4; I Thesalonica 2:12; II Thesalonica 2:14; Hebreo 2:10; I Pedro 5:1,4)

Nakakagiliw rin na pansinin na si Juan ay tumutukoy sa pagpapapako ni Hesus bilang Kanyang kaluwalhatian (cf. 7:39; 12:16,23; 13:31). Gayunpaman, ito ay maari rin na maisalin bilang isang "karangalan" o "pagpapasalamat" (cf. Lucas 17:18; Mga Gawa 12:23; Roma 4:20; I Corinto 10:31; II Corinto 4:15; Filipos 1:11; 2:11; Pahayag 11:13; 14:7; 16:9; 19:7). Ganito ito ginamit sa kontekstong ito.

**5:43 "ayaw ninyo akong tanggapin"** Sa buong Ebanghelyo ni Juan, ang pokus ng pananampalataya kay Hesus ay isang preskriptibong kredong teolohikal ngunit isang personal na engkwentro sa Kanya (i.e., vv. 39-40). Ang pananampalataya ay nagsisimula sa isang desisyon na magtiwala sa Kanya. Ito ang simula ng lumalagong personal na pakikipagrelasyon ng pagdidisipulo na nararanasan sa doktrinal pagiging ganap at Kristyanong pamumuhay.

▣ **"kung iba ang pumarito sa kaniyang sariling pangalan"** Ito ay isang IKATLONG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP.

▣ **"ay siya ninyong tatanggapin"** Ito ay isang paglalaro sa paraan ng pag-aaral ng mga rabi sa pamamagitan ng pagkukumpara sa mga guro na nagmula sa ibat-ibang rabinikal na paaralan sa Talmud.

Michael Magill, *New Testament TransLine*, ay magandang sipi:

> "Ang mga pinunong Hudyo ay makatatanggap ng taong guro o rabi na hindi nag-aangkin na isinugo ng Diyos. Kasama ng taong guro, sila ay nagpapalitang pakikipagrelasyon sa mga kasama, nagpapalitang ng karangalan sa pantay na basihan. Kasama ng propeta isinugo ng Diyos, sila ay dapat na nasa pagpapasakop na posisyon, nakikinig at sumusunod. Ito na palagi ang nasa ugat kung bakit ang mga propeta ng Diyos ay itinatakwil" (p. 318).

**5:44** Tignan ang puna sa 17:3.

**5:45-47** Si Hesus ay naninindigan na ang mga kasulatan ni Moses ay nagpapahayag sa Kanya. Ito marahil ay isang pantukoy sa Deuteronomio 18:15-22. Sa v. 45 ang Kasulatan ay umaktong tao bilang isang maghuhusga. Ito ay ninais na magsilbing gabay (cf. Lucas 16:31). Ngunit ang gabay ay itinakwil, at naging kaaway (cf. Galacia 3:8-14, 23-29).

**5:46,47 "kung. . .kung"** Talata 46 ay isang IKALAWANG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na tinawag na "salungat sa katotohanan," na naninindigan na ang mga pinunong Hudyo ay hindi tunay na nanampalataya maging sa mga kasulatan ni Moses at sa kay Hesus (ang ekastolohikal na Moses [i.e., ang Propeta ng Deuteronomio 18:15-19]) ay magiging hukom nila sa huling panahon. Ang "kung" ng v. 47 ay nagpapakilala ng isang UNANG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na inaakalang totoo (ang NIV ay may "dahil sa").

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang talata 4 ay inalis sa ating modernong salin?
2. Bakit pinagaling ni Hesus ang partikular na lalakeng ito?
3. Ang pananampalataya ba ay kasama sa parte ng lalake sa kanyang paggaling? Ang pisikal na kagalingan ba ay nagpapahiwatig ng espiritwal na kagalingan?
4. Ang karamdaman ba ay may kinalaman sa personal na kasalanan? Ang lahat bang karamdaman ay may kinalaman sa personal na kasalanan?
5. Bakit ninanais na patayin ng mga Hudyo si Hesus?
6. Ilista ang mga tungkulin ng Diyos sa Lumang Tipan na maihahalintulad kay Hesus.
7. Ang buhay na walang hanggan ba ay pangkasalukuyang realidad o isang panghinarap na pag-asa?
8. Ang huling paghuhukom ba ay nakabatay sa mga gawa o sa pananampalataya? Bakit?

# JUAN 6

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapakain sa Limang Libo | Pagpapakain sa Limang Libo | Pagpapakain sa Limang Libo | Pinakain ni Hesus ang Limang Libo | Himala ng Tinapay |
| 6:1-15 | 6:1-14 | 6:1-15 | 6:1-6 | 6:1-4 |
| | | | | 6:5-15 |
| | | | 6:7 | |
| | | | 6:8-9 | |
| | | | 6:10-13 | |
| | | | 6:14-15 | |
| Paglalakad sa Tubig | Lumakad si Hesus sa Dagat | Lumakad si Hesus sa Dagat | Lumakad si Hesus sa Tubig | Lumapit si Hesus sa Kanyang mga Alagad ng Naglalakad sa Tubig |
| 6:16-21 | 6:15-21 | 6:16-21 | 6:16-21 | 6:16-21 |
| Si Hesus ang Tinapay ng Buhay | Ang Tinapay Mula sa Langit | Hesus,ang Tinapay ng Buhay | Hinanap Si Hesus ng mga Tao | Ang Usapan sa Sinagoga sa Capernaum |
| 6:22-33 | 6:22-40 | 6:22-24 | 6:22-24 | 6:22-27 |
| | | 6:25-40 | Hesus ang Tinapay ng Buhay | |
| | | | 6:25 | |
| | | | 6:26-27 | |
| | | | 6:28 | 6:28-40 |
| | | | 6:29 | |
| | | | 6:30-31 | |
| | | | 6:32-33 | |
| 6:34-40 | | | 6:34 | |
| | Itinakwil ng Kanyang Sariling Kababayan | | 6:35-40 | |
| 6:41-51 | 6:41-59 | 6:41-51 | 6:41-42 | 6:41-51 |
| | | | 6:43-51 | |
| 6:52-59 | | 6:52-59 | 6:52 | 6:52-58 |
| | | | 6:53-58 | |
| | | | 6:59 | 6:59-63 |
| Ang mga Salita ng Buhay na Walang Hanggan | Maraming mga Alagad ang Nagsipaglayo | | Ang mga Salita ng Buhay na Walang Hanggan | |
| 6:60-65 | 6:60-71 | 6:60-65 | 6:60 | |
| | | | 6:61-65 | |
| | | | | 6:64-66 |
| | | | | Ang Pagpapahayag ng Pananampalataya ni Pedro |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 6:66-71 | | 6:66-71 | 6:66-67 | |
| | | | | 6:67-71 |
| | | | 6:68-69 | |
| | | | 6:70-71 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 6:1-71

A. Ang Ebanghelyo ni Juan ay hindi nagtatala ng Huling Hapunan ng ating Panginoon mismo, bagamat sa mga kabanata 3-17 nakasulat ang usapan at panalangin sa Itaas na Silid. Ang pagtanggal nito ay maaring sinadya. Ang iglesya ng ikalawang siglo ay nagsimulang tignan ang mga ordinansa sa isang sakramentong pakahulugan. Tinignan nila ito bilang isang mga daluyan ng biyaya. Si Juan ay maaring tumututol sa sakramentong pananaw sa pamamagitan ng hindi nito pagtala sa pagbabautismo ni Hesus o ang Huling Hapunan.

B. Ang Juan 6 ay nasa konteksto ng pagpapakain sa limang libo. Gayunman, ang karamihan ay ginagamit ito upang ituro ang pananaw na Eucharist. Ito ang pinanggalingan ng doktrina ng Romano Katoliko sa transubstansasyon (vv. 53-56).
Ang katanungan sa kung paano maiuugnay ang kabanata 6 sa Eucharist ay nagpapakita ng dalawaang katangian ng mga Ebanghelyo. Kapansin-pansin, na ang mga Ebanghelyo ay inuugnay sa mga salita at buhay ni Hesus, subalit ito ay isinulat ng ilang dekada ang lumipas at nagpapahayag ng nagkakaisang pananampalataya ng mga indibidwal na may-akda. Samakatwid mayroong tatlong antas ng intensyon ng may-akda.
1. ang Espiritu
2. si Hesus at ang mga orihinal na tagapakinig
3. ang mga Ebanghelyong manunulat at ang kanilang mga mambabasa
Paano ito bibigyan ng pakahulugan? Ang tanging mapapatunayang paraan ay dapat isang kontekstwal, gramatikal, leksikal na pagtangka, na naturuan ng makasaysayang tagpuan at hindi ang kabaligtaran.

C. Dapat nating tandaan na ang manunuod ay ang mga Hudyo at ang kutural na pinagyayarihan ay ang rabinikal na pag-aasam sa isang Mesias na may katauhan bilang super-Moses (cf. vv. 30-31), lalung-lalo na sa may kinalaaman sa karanasan sa Paglilisan o Exodus gaya ng "manna." Ang mga rabi ay gagamit ng Awit 72:16 bilang pangpatunay na teksto. Ang kakaibang mga pahayag ni Hesus (cf. vv. 60-62, 66) ay para kontrahin ang maling pag-aasam ng maraming tao patungkol sa Mesias (cf. vv. 14-15).

D. Ang mga sinaunang ama ng iglesya ay hindi lahat nagsasang-ayon na ang pariralang ito ay tumutukoy sa Huling Hapunan. Si Clemente ng Alexandria, Origen, at Eusebius ay hindi kailanman nagbanggit ng Huling Hapunan sa kanilang mga talakayan patungkol sa pariralang ito.

E. Ang mga metapora sa pariralang ito ay lubos na kagaya sa mga salita ni Hesus na Kanyang ginamit sa " babae sa balon" sa Juan 4. Ang pandaigdig na tubig at tinapay ay ginamit bilang metapora para sa buhay na walang hanggan

at espiritwal na mga realidad.

F. Ang pagpaparaming ito ng tinapay ay ang nag-iisang himala na nakatala sa lahat ng apat na Ebanghelyo (Mateo 14:13-21; Marcos 6:32-44; Lucas 9:10-17)!

G. Michael Magill, *New Testament TransLine* (p. 325) ginawa ang nakakawiling obserbasyon patungkol sa ibat-ibang mga grupo sa Capernaum at ang kanilang relasyon sa nakakabiglang mga salita ni Hesus, v. 24

2. ang mga Hudyo, vv. 41,52
3. ang mga disipulo, vv. 60,66
4. ang Labindalawa, v. 67

Si Hesus ay epektibong

1. pinatigil ang mga tao sa pagpupumilit na gawin Siyang hari dahil sa pinakain sila nito (6:15)
2. hinamon ang mga pamunuan ng Hudyo sa pamamagitan ng Kanyang radikal na personal na mga pagbabansag
3. nagdulot ng maraming umaaligid na tagasunod na lumisan
4. nagpalabas ng mg pahayag para sa pagpatuloy at pagpapalalim ng pananampalataya sa bahagi ng Labindalawa (6:68-69)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 6:1-14

**1 Pagkatapos ng mga bagay na ito ay naparoon si Hesus sa kabilang ibayo ng dagat ng Galilea, na siyang dagat ng**
**Tiberias. 2 At sumusunod sa kaniya ang lubhang maraming tao, sapagka't kanilang nangakikita ang mga tanda na**
**ginagawa niya sa mga maysakit. 3 At umahon si Hesus sa bundok, at doo'y naupo siya na kasama ng kaniyang mga alagad.**
**4 Malapit na nga ang paskua, na pista ng mga Hudyo. 5 Itinanaw nga ni Hesus ang kaniyang mga mata, at pagkakita na ang**
**lubhang maraming tao'y lumalapit sa kaniya, ay sinabi kay Felipe, Saan tayo magsisibili ng tinapay, upang mangakakain**
**ang mga ito? 6 At ito'y sinabi niya upang siya'y subukin: sapagka't nalalaman niya sa kaniyang sarili kung ano ang**
**kaniyang gagawin. 7 Sumagot si Felipe sa kaniya, Hindi magkakasiya sa kanila ang dalawang daang denariong tinapay,**
**upang makakain ng kaunti ang bawa't Isaias 8 Sinabi sa kaniya ng isa sa kaniyang mga alagad, si Andres, na kapatid ni**
**Simon Pedro, 9 May isang batang lalake rito, na mayroong limang tinapay na sebada, at dalawang isda: datapuwa't gaano**
**na ang mga ito sa ganyang karamihan? 10 Sinabi ni Hesus, Inyong paupuin ang mga tao. Madamo nga sa dakong yaon.**
**Kaya't nagsiupo ang mga lalake, na may limang libo ang bilang. 11 Kinuha nga ni Hesus ang mga tinapay; at nang**
**makapagpasalamat, ay ipinamahagi niya sa kanilang nangakaupo; at gayon din naman binigyan sila ng mga isda kung**
**gaanong ibigin nila. 12 At nang sila'y mangabusog, ay sinabi niya sa kaniyang mga alagad, Pulutin ninyo ang mga**
**pinagputolputol na lumabis, upang walang anomang masayang. 13 Kaya't kanilang tinipon, at nangapuno ang**
**labingdalawang bakol ng mga pinagputolputol sa limang tinapay na sebada, na lumabis sa nagsikain. 14 Kaya't nang**
**makita ng mga tao ang tandang ginawa niya, ay kanilang sinabi, Totoong ito nga ang propeta na paririto sa sanglibutan.**

**6:1 "dagat ng Galilea ng Tiberias"** Ang bahagi ng tubig na ito ay kilala ng ilan pang mga pangalan. Sa OT ito ay tinawag na Chinnereth, (cf. Bilang 34:11). Ito rin ay kilala bilang Lawa ng Gennessaret sa Lucas 5:1 at sa Romanong pangalan na, ang Dagat sa Tiberias sa Juan 21:1. Ang panaklong ay ibang editorial na komento ng may-akda. Hindi ito nagpapakita na ang Ebanghelyo ni Juan ay para sa tao na labas ng Palestina(cf. 6:4,6,64,71).

**6:2** Pansinin ang dahilan kung bakit ang mga tao ay sumunod sa Kanya.

**6:3** Si Hesus ay gumamit ng natural na pagpapalakas ng tubig at gilid ng bundok para mapalakas ang Kanyang boses. Ang katotohanan na Siya ay " umupo" ang nagpapakita na ito ay opisyal na sesyon ng pagtuturo kasama ang Kanyang mga disipulo. Maaring ipagtaka kung ang bundok ba ay sinadyang magbigay ng paalala sa Mosaik na tagpuan gaya ng sa Mateo 5-7.

Sa malawakang sesyon ng pagtuturo na ito, madalas nagsasalita si Hesus sa ibat-ibang grupo ng mga tao. Ang pumapalibot at umuupo sa Kanyang paa ay maaring ang Kanyang mga Disipulo; lagpas sa kanila, ang mga ussero, ang mga mayayaman at mga pangkaraniwang mga "tao ng lugar"; at, sa maliit na grupo, ang mga relihiyosong mga pinuno (Pariseo, mga Eskriba, mga Saduseo, posibleng maging mga Essenes).

**6:4 "ang paskua, na pista ng mga Hudyo"** Ang nag-iisang paraan para malaman ang haba ng pampublikong ministeryo ni Hesus ay ang Paskuang binanggit sa EBanghelyo ni Juan (una, 2:13; ikalawa, 6:4; at ikatlo, 11:55 & 13:1). Kung ang Juan 5:1 ay nagsasabi rin sa Paskua nangangahulugan na mayroon tayong hindi bababa sa tatlo at kalahating taon ng pampublikong ministeryo. Mayroon pa tayong maraming hindi nalalaman patungkol sa buhay ni Hesus (cf. 20:30; 21:25).

**6:6 "At ito'y sinabi niya upang siya'y subukin"** Ang Griyego na salitang dito ay para "subukin" (*peirazō*) kadalasan ay nagdadala ng masamang konotasyon (tignan Natatanging Paksa at I Juan 4:1, cf. Mateo 4:1). Ito ay mabuting halimbawa na nagpapakita sa mga makabagong tagapagsalin na pwersahin ang mga salita sa NT na tumugma sa iisang depinisyon. Ang Koine na

Griyego ay nababawasan ng maraming gramatiko at lingguwistikang pagkakaiba sa Klasikal na Griyego(cf. puna sa 5:20).
Sinusubukan ni Hesus si, ngunit paano?

1. sa kanyang pananampalataya kay Hesus bilang tagapagtustos?
2. sa kanyang kaalaman sa OT (cf. Bilang 11:13, sa katanungan ni Moses sa Diyos patungkol sa pagtutustos ng pagkain)?
3. sa kanyang pagkakalinga at pag-aalala sa maraming tao?

**6:7**
**NASB, NKJV, JB** **"Dalawandaang denariong halaga"**
**NRSV** **"anim na buwang' sahod"**
**TEV** **"dalawandaang pilak na mga barya"**

Ang denario ay isang araw na sahod ng isang manggagawa (cf. Mateo 20:2) at isang sundalo. Ito marahil ay mahigit sa 2/3 ng isang taong sahod

## NATATANGING PAKSA: MGA BARYA NA GINAMIT SA PALESTINA SA PANAHON NI HESUS

I. Tanso na mga barya
  A. *cherma* – maliit na halaga (cf. Juan 2:15)
  B. *chalchos* – maliit na halaga (cf. Mateo 10:9; Marcos 12:41)
  C. *assarion* – isang Romanong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/16 ng isang *dēnarius* (cf. Mateo 10:29)
  D. *kodrantes* – isang Romanong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/64 ng isang *dēnarius* (cf. Mateo 5:26)
  E. *lepton* – isang makaHudyong tanso na barya na nagkakahalaga ng mahigit 1/128 ng isang *dēnarius* (cf. Marcos 12:42; Lucas 21:2)
  F. *quadrans/farthing* – isang Romanong tanso na barya na may maliit na halaga
II. Pilak na mga barya
  A. *arguros* ("Pilak na barya") – higit na may halaga kaysa sa tanso o bronze na barya(cf. Mateo 10:9; 26:15)
  B. *dēnarius* – isang Romanong Pilak na barya na nagkakahalaga ng isang araw na pagtratrabaho (cf. Mateo 18:28; Marcos 6:37)
  C. *drachm*S – isang Griyegong Pilak na barya na kapareho ng halaga ng isang *dēnarius* (cf. Lucas 15:9)
  D. *di-drachmon* – ang dobleng *drachmas* ay kapareho ng isang makaHudyong ½ ng shekel (cf. Mateo 17:24)
  E. *statēr* – isang Pilak na barya na may halagang mahigit sa apat na *dēnarii* (cf. Mateo 17:27)
III. Ginto na barya– *chrusos* ("Ginto na baryas") – pinakamahalagang barya (cf. Mateo 10:9)
IV. Pangkalahatang Termino para sa timbang ng mga metal
  A. *mnaa* – Latin *mina*, isang bigat ng metal na nagkakahalaga ng 100 ng *dēnarii* (cf. Lucas 19:13)
  B. *talanton* – isang Griyego panukat ng timbang (cf. Mateo 18:24; 25:15,16,20,24,25,28)
    1. Pilak ang halaga ay 6,000 *dēnarii*
    2. Ginto ang halaga 180,000 *dēnarii*
  C. *sheqel* –isang makaHudyong sa OT na timbang ng Pilak (cf. Genesis 23:15; 37:28; Exodo 21:32)
    1. *p[illegible]m* – 2/3 shekel
    2. *beka* – ½ shekel
    3. *gerah* – 1/20 shekel

    Mas malaking mga panukat
    1. *maneh* – 50 shekels
    2. *kikkar* – 3,000 shekels

**6:8-9 "si Andres, na kapatid ni Simon Pedro"** Ang konteksto nito ay tunay na napakagandang larawan ng simpleng pananampalataya at pagtitiwala ni Andrew sa kakayanan at personalidad ni Hesus.

**6:9 "tinapay na sebada"** Ito ay itinuturing na pinakamura at pinaka hindi ninanais na tinapay. Ito ang tinapay ng mga mahihirap. Hindi ginamit ni Hesus ang Kanyang kapangyarihan upang magbigay ng mamahaling pagkain!

**6:10 "Inyong paupuin ang mga tao"** Ang mga tao sa ganitong kiltura ay kadalasang kumakain ng alinman sa nakaupo o

nakahilig sa isang mababang mesa na may hugis “U”.

▣ **“Madamo nga sa dakong yaon”** Ito ay isang apostolikong pagsaksi (editoryal) na komento.

▣ **“Kaya't nagsiupo ang mga lalake, na may limang libo ang bilang”** Ito ay isang tunay na misnomer upang tawagin itong “ang pagpapakain sa limang libo” sapagkat mapapansing mayroong mas higit na tao sa araw na yaon. Ang limang libo ay isang pagtatanyang bilang at tumutukoy sa mga matatandang mga lalake (i.e., 13 at pataas) at hindi nagsasama sa mga babae at mga bata (cf. Mateo 14:21). Gayunman, hindi tiyak kung gaano kadaming mga babae at bata ang nagsipagpuntahan (cf. Mateo 14:21).

**6:11 “at nang makapagpasalamat, ay ipinamahagi niya ”** Ang himala ng pagpaparami ay dapat naganap sa mga kamay ni Hesus. Sa kontekstong ito ng mga makaHudyong pag-aasam ng Mesias, ang pangyayaring ito ay ang hinihintay na tanda na si Hesus ay nagbibigay ng pagkain gaya ng pagbibigay ni Moses ng manna.

Ang Griyego salita para sa “nang makapagpasalamat” (*eucharisteō*) ang siyang naging pangalan para sa Huling Hapunan (cf. I Corinto 11:23-24). Ginamit ba ni Juan ito dito kasama ang panghinarap, na may teknikal pagpapaliwanag sa isipan? Ang ibang mga Ebanghelyo na hindi gumamit ng mga pantukoy sa ang Eukaristya ay gumamit ng naiibang salita (*eulogeō,* cf. Mateo 14:19; Marcos 6:41). Sila nga ay gumait ng salitang *eucharisteō* (cf. Mateo 15:36; Marcos 8:6; Lucas 17:16;18:11) ngunit hindi naaalinsunod sa tagpuan ng Huling Hapunan. Sila ay gumamit ng kaparehong salita para ilarawan ang panalangin ng pagpapasalamat ni Hesus sa itaas na silid (cf. Mateo 26:27; Marcos 14:23; at Lucas 22:17-19). Samakatwid, dahil sa ang pagkakagamit ay hindi pare-pareho, si Juan ay nangailangang gawin ang kanyang pagtukoy sa mas maraming mga detalye kung ang kanyang mga mambabasa ay kailagang magbigay kahulugan nito sa isang Eukaristikong tagpuan!

**6:12 “masayang”** Tignan Natatanging Paksa: *Apollumi* sa 10:10.

**6:13 “Kaya't kanilang tinipon at nangapuno ang labingdalawang bakol”** Ang salitang “basket” dito ay tumutukoy sa isang malaking uri ng sisidlan. Isang mahalagang bagay na si Hesus ay hindi nagsayang ng anumang sa pinaraming pagkain. O maging binago Niya ang katangian (o tipo) ng tinapay.

Ang salita bang “labindalawa” ay mayroong bang simbolikong kahalagahan? Napakahirap maging tiyak dito. Nabibigyan kahulugan ito bilang sanggunian sa mga tribo ng Israel (Binigyan kasiyahan ni Hesus ang OT) o isang basket sa bawat disipulo (nagbigay kasiyahan at nagbigay si Hesus para sa Kanyang mga disipulo), nguit maaaring ito ay detalye ng isang tagapagsaksi (like v. 19).

## NATATANGING PAKSA: ANG BILANG NA LABINDALAWA

Ang Labindalawa ay laging simbolong bilang ng isang organisasyon

A. sa labas ng Bibliya
   1. labindalawa mga tanda ng Zodiac
   2. labindalawa mga buwan ng taon

B. sa OT (BDB 1040 plus 797)
   1. ang mga anak ni Jacob (ang makaHudyong mga tribo)
   2. nakikita sa
      a. labindalawang haligi ng altar sa Exodo 24:4
      b. labindalawa mga alahas sa baluti ng punong saserdote (na kumakatawanwhich sa mga tribo) sa Exodo 28:21
      c. labindalawang mga tinapay sa banal na lugar ng tabernakulo sa Levitico 24:5
      d. labindalawang mga espiya na ipinadala sa Canaan sa Bilang 13 (isa sa mula sa bawat tribo)
      e. labindalawang mga pamalor (tribong mga pamantayan) sa pagrerebelde ni Korah sa Bilang 17:2
      f. labindalawang mga baton ni Josuesa Joshua 4:3,9,20
      g. labindalawang mga administratibong mga distrito sa pamamahala ni Solomon sa I Hari 4:7
      h. labindalawang mga bato sa altar ni Elijah kay YHWH sa I Hari 18:31

C. sa NT
   1. labindalawang mga apostol na pinili
   2. labindalawang mga basket ng tinapay (isa para sa bawat apostol) sa Mateo 14:20

3. labindalawang mga trono na kung saan ang NT na mga disipulo ay nakaupo (tumtukoy sa 12 mga tribo ng Israel) sa Mateo 19:28

4. labindalawang mga hukbo ng mga anghel para iligtas si Hesus sa Mateo 26:53

5. ang simbolismo sa Pahayag
   a. 24 mga matatanda sa trono sa 4:4
   b. 144,000 (12x12,000) sa 7:4; 14:1,3
   c. labindalawang mga bituin sa korona ng babae sa 12:1
   d. labindalawang mga tarangkahan, labindalawang mga anghel na nagpapakita ng labindalawang mga tribo sa 21:12
   e. labindalawang pundasyon ng mga bato sa bagong Herusalem at sa kanila ang mga panganlan ng labindalawa mga Apostol sa 21:14
   f. labindalawang libong mga stadia sa 21:16 (sukat ng bagong bayan, Bagong Herusalem)
   g. ang pader ay 144 cubits sa 21:17
   h. labindalawang tarangkahan na perlas sa 21:21
   i. mga puno sa bagong Herusalem na may labindalawang mga uri ng bunga (isa sa bawat buwan ) sa 22:2

**6:14 "ang Propeta"** Ito ay pantukoy sa pangMesias na pagbabanggit ng Deuteronomio 18:15-22 (cf. Mga Gawa 3:22; 7:37). Nakilala ng maraming tao ang kapangharihan ni Hesus ngunit hindi naintindihan ang katangian ng Kanyang misyon at mga tanda.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:15

**Nang mapaghalata nga ni Hesus na sila'y magsisilapit at siya'y agawin, upang siya'y gawing hari, ay muling nagbalik sa bundok na nagiIsaias**

**6:15** Ang maraming tao ay labis na natuwa sa pangMesias na himala ni Hesus sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagkain. Ang talatang ito ay maaring maiuugnay sa panunukso ng kaaway sa Mateo 4:3.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:16-21

**16At nang kinahapunan, ay nagsilusong ang kaniyang mga alagad sa dagat; 17At nagsilulan sila sa isang daong, at kanilang tinatawid ang dagat hanggang sa Capernaum. At madilim na nga, at hindi dumarating sa kanila si Hesus. 18At lumalaki ang dagat dahil sa isang malakas na hanging humihihip 19Nang sila nga'y mangakagaod na ng may dalawangpu't lima o tatlongpung estadio, ay kanilang nakita si Hesus na lumalakad sa ibabaw ng dagat, at lumalapit sa daong: at sila'y nangahintakutan. 20Datapuwa't sinabi niya sa kanila, Ako nga; huwag kayong mangatakot. 21Malugod nga nilang tinanggap siya sa daong: at pagdaka'y dumating ang daong sa lupang kanilang tinutumpa**

**6:17 "Capernaum"** Ito ang punong-himpilan ni Hesus sa panahon ng Kanyang ministeryo sa Galilea dahil sa hindi paniniwala ng Kanyang mga kababayan sa Nazareth (cf. Lucas 4:28-29).

**6:19 "sila nga'y mangakagaod na ng may dalawangpu't lima o tatlongpung estadio"** Sila ay humigit-kumulang na kalati sa gitna ng lawa nang si Hesus ay lumapit ng naglalakad sa tubig. Si Mateo ay pinalawak ang salaysay na ito upang isama si Pedro na naglalakad sa tubig nang patungo kay Hesus.

▣ **"sila'y nangahintakutan"** Ang mga disipulong ito ay patuloy parin na tinatantya si Hesus sa pamamagitan ng makamundong mga pamantayan. Ang takot ng mga disipulo ay naipakita sa Marcos 6:49. Ang sama-samang bigat ng mga "tanda" na ito ang nagtulak sa kanila para muling tayahin kung Sino nga Siya.

**6:20 "Ako nga"** Ito ay literal na (*egō eimi*) "Ako ang" (cf. 4:26; 8:24,28,54-59; 13:19; 18:5-6) nagpapakita ng kasunduang pangalan ng Diyos sa OT, YHWH ng Exodo 3:12-15. Si Hesus ay ang nakikitang "Ako ang," ang buong pansariling-kapahayagan ng Diyos, ang nagkatawang tao na Logos (salita) ng Diyos, ang totoo at nagiisang Anak. Tignan D sa sumusunod na Natatanging Paksa .

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA PANGALAN PARA SA PAGKADIYOS

A. *El* (BDB 42, KB 48)

1. Ang orihinal na kahulugan ng panlahat na salita para sa pagkaDiyos ay hindi tiyak, ngunit marami sa mga iskolar ay naniniwala na ito ay nagmula sa Akkadian na ugat na, "maging malakas" o "maging

makapangyarihan" (cf. Genesis 17:1; Bilang 23:19; Deuteronomio 7:21; Awit 50:1).

2. Sa Canaanite napanteon ang mataas na diyos ay ang *El* (Ras Shamra na mga teksto)

3. Sa Bibliya ang *El* ay hindi kadalasan nasasamahan ng ibang mga salita. Ang mga kombinasyon na ito ay naging daan para maipakilala ang Diyos.

   a. *El-Elyon* (Diyos na Kataas-taasan, BDB 42 & 751 II), Genesis 14:18-22; Deuteronomio 32:8; Isaias 14:14
   b. *El-Roi* ("Diyos na nakakakita" o "Diyos na ipinahayag ang Sarili," BDB 42 & 909), Genesis 16:13
   c. *El-Shaddai* ("Diyos na Makapangyarihan" o "Diyos ng Lahat ng Pakikiramay" o "Diyos ng mga Bundok," BDB 42 & 994), Genesis 17:1; 35:11; 43:14; 49:25; Exodo 6:3
   d. *El-Olam* (ang Walang Hangang Diyos, BDB 42 & 761), Genesis 21:33. Ang salitang ito ay teolohikong naiuugnay sa pangako ng Diyos kay David, II Samuel 7:13,16
   e. *El-Berit* ("Diyos ng Kasunduan," BDB 42 & 136), Hukom 9:46

4. *El* katumbas sa

   a. YHWH sa Awit 85:8; Isaias 42:5
   b. *Elohim* sa Genesis 46:3; Job 5:8, "Ako ang *El*, ang *Elohim* ng iyong ama"
   c. *Shaddai* sa Genesis 49:25
   d. "panibugho" sa Exodo 34:14; Deuteronomio 4:24; 5:9; 6:15
   e. "awa" sa Deuteronomio 4:31; Nehemia 9:31;
   f. "dakila at kamangha-mangha" sa Deuteronomio 7:21; 10:17; Nehemia 1:5; 9:32; Daniel 9:4
   g. "kaalaman" in I Samuel 2:3
   h. "ang aking matibay na kanlunagan" sa II Samuel 22:33
   i. "ang aking tagapaghigante" sa II Samuel 22:48
   j. "nag-iisang banal" in Isaias 5:16
   k. "malakas" sa Isaias 10:21
   l. "ang aking tagapagligtas" sa Isaias 12:2
   m. "dakila at makapangyarihan" sa Jeremias 32:18
   n. "pagganti sa masama" sa Jeremias 51:56

5. Ang kombinasyon ng lahat ng OT na pangalan ng Diyos ay matatagpuan sa Joshua 22:22 (*El, Elohim, YHWH,* inulit)

B. *Elyon* (BDB 751, KB 832)

1. Ang pangunahing kahulugan nito ay "mataas," "pinadakila," o "pinatayog pataas" (cf. Genesis 40:17; I Hari 9:8; II Hari 18:17; Nehemia 3:25; Jeremias 20:2; 36:10; Awit 18:13).

2. Ito ay ginamit na kahanay na kahulugan sa ilang mga ibang pangalan/titulo ng Diyos.

   a. *Elohim* – Awit 47:1-2; 73:11; 107:11
   b. *YHWH* – Genesis 14:22; II Samuel 22:14
   c. *El-Shaddai* – Awit 91:1,9
   d. *El* – Bilang 24:16
   e. *Elah* – ginamit ng madalas sa Daniel 2-6 at Ezra 4-7, inugnay sa *illair* (Aramaic para sa "Mataas na Diyos") sa Daniel 3:26; 4:2; 5:18,21

3. Ito ay madalas na ginamit ng hindi mga Israelita.

   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22 b.
   Balaam, Bilang 24:16
   c. Moses, nagsasalita patungkol sa mga bansa sa Deuteronomio 32:8
   d. Ang Ebanghelyo ni Lucas sa NT, sumusulat sa mga Hentil, ay gumagamit din ng mga Griyego katumbas na *Hupsistos* (cf. 1:32,35,76; 6:35; 8:28; Mga Gawa 7:48; 16:17)

C. *Elohim* (PANGMARAMIHAN), *Eloah* (PANG-ISAHAN), ginamit ng unang-una sa mga tula (BDB 43, KB 52)

1. Ang salitang ito ay hindi matatagpuan sa labas ng Old Testament.

2. Ang salitang ito ay maaring magtalaga sa Diyos ng Israel o ang Diyos ng mga bansa (cf. Exodo 12:12; 20:3). Ang pamilya ni Abraham ay naniniwala sa maraming diyos (cf. Joshua. 24:2).

3. Ito ay maaring tumutuko sa mga hukom ng Israel (cf. Exodo 21:6; Awit 82:6).

4. Ang salitang *elohim* ay ginamit din sa ibang mga esperitwal na nilalang (mga anghel, ang mga demonyo) gaya sa Deuteronomio 32:8 (LXX); Awit 8:5; Job 1:6; 38:7.

5. Sa Bibliya ito ang unang titulo/pangalan para sa pagkaDiyos (cf. Genesis 1:1). Ito ay pansariling ginamit hanggang sa Genesis 2:4, na kung saan ito ay isinama sa YHWH. Ito ay pangunahing (teolohikal) na tumutukoy sa Diyos bilang manlilikha, tagapag-alalay, at tagapagtustos sa lahat ng buhay sa planetang ito (cf. Awit 104).

   Ito ay kasingkahulugan sa *El* (cf. Deuteronomio 32:15-19). Ito ay maaring kahanay sa YHWH gaya ng sa Awit 14 (*Elohim*) ay saktong kagaya ng sa Awit 53 (YHWH), maliban sa pagababago sa mga banal na pangalan.

6. Bagamat PANGMARAMIHAN ang ginamit sa ibang mga diyos, ang salitang ito ay madalas na nagtatalaga sa Diyos ng Israel, ngunit madalas ito ay mayroong PANG-ISAHANG PANDIWA nagpapahayag ng monoteistik na paggamit.

7. Ang salitang ito ay matatagpuan sa mga bibig ng mga hindi Israelita bilang pangalan ng diyos.
   a. Melchizedek, Genesis 14:18-22
   b. Balaam, Bilang 24:2
   c. Moses, nang nakipagusap sa mga bansa, Deuteronomio 32:8

8. Isang hindi pangkaraniwan na ang pangunahing pangalan para sa nagiisang Diyos ng Israel ay PANGMARAMIHAN! Bagamat wala katiyakan, narito ang mga teorya.
   a. Ang Hebreo ay maraming mga PANGMARAMIHAN, madalas na ginagamit upang magbigay diin. Ang malapit na may relasyon dito ay ang huling Hebreong gramatikal na katangian tinawag na "ang pangmaramihan ng katas-taasan," na kung saan ang PANGMARAMIHAN ay ginamit upang palitawin ang isang konsepto.
   b. Ito ay maaring tumutukoy sa konseho ng mga anghel, na siyang kinakatagpo ng Diyos sa langit at siyang Kanyang pinananahanan (cf.I Hari 22:19-23; Job 1:6; Awit 82:1; 89:5,7).
   c. Maaring posible rin na ito ay nagpapakita ng NT na kapayahagan ng isang Diyos sa tatlong mga persona. Sa Genesis 1:1 ang Diyos ay naglikha; sa Genesis 1:2 ang Espiritu ay broods, at mula sa NT si Hesus ay Diyos ang ahente ng Ama sa paglilikga (cf. Juan 1:3,10; Roma 11:36; I Corinto 8:6; Colosas 1:15; Hebreo 1:2; 2:10).

D. YHWH (BDB 217, KB 394)

1. Ito ang pangalan na nagpapakita ng pagkadiyos bilang tipanang Diyos; Diyos bilang tagapagligtas, manunubos! Ang mga nilalang ay bumabali sa mga kasunduan, ngunita ang Diyos ay tapat sa Kanyang mga salita, pangako, at kasunduan (cf. Awit 103).

   Ang pangalan na ito ay unang binanggit sa kombinasyon ng *Elohim* sa Genesis 2:4. Mayroon hindi dalawang pagtala ng paglilikha sa Genesis 1-2, ngunit dalawang pagdidiin: (1) ang Diyos bilang manlilikha ng sanlibutan (ang pisikal) at (2) ang Diyos bilang espesyal na manlilikha ng sangkatauhan. Ang Genesis 2:4-3:24 ay nagsimula sa espesyal na kapahayagan patungkol sa isang importanteng posisyon at layunin ng tao, gayundin ang problem ng kasalanan at rebelyon na sinamahan ng naiibang posisyon.

2. Sa Genesis 4:26 sinabi na "ang tao ay nagsimulang tumawag sa pangalang ng Panginoon" (YHWH). Gayunman, sa Exodo 6:3 nagpapahiwatig ng maagang tipanan tao (ang mga Patriarka at ang kanilang mga pamilya) ay kilala lamang ang Diyos bilang isang *El–Shaddai*. Ang pangalangYHWH ay ipinaliwanag lamang ng isang beses sa Exodo 3:13-16, esp. v. 14. Gayunman, ang mga kasulatan ni Moses ay madalas nagbibigay kahulugan sa mga salita sa pamamagitan ng popular na paglalaro ng salita, hindi ang pinagmulan ng salita (cf. Genesis 17:5; 27:36; 29:13-35). Mayroong ilang mga teorya patungkol sa kahulugan ng salitang ito (kinuha mula sa IDB, vol. 2, pp. 409-11).
   a. mula sa Arabic na ugat, "magpakita ng taos na pagmamahal"
   b. mula sa Arabic na ugat "ihipan" (YHWH gaya ng sa bagyong diyos)
   c. mula sa Ugartic (Canaanite) na ugat "magsalita"
   d. sumusunod sa isang Phoenician na inskripsyon, isang PANDAHILANANG PANDIWARI na nangangahukgang "ang Nag-iisang nagpapanatili," o "ang Nag-iisang nagtatayo"
   e. mula sa ang Hebrew *Qal* na porma "ang Nag-iisa na Siyang," o "ang Nag-iisang na pangkasalukuyan" (sa panghinaharap na kahulugan, "ang Nag-iisa na magiging")
   f. from the Hebrew *Hiphil* form "the One who causes to be"
   g. mula sa Hebreong ugat "ang mabuhay" (e.g., Genesis 3:20), na ang ibig sabihin ay "ang nananatiling buha magpakailanman, o "ang Nag-iisang buhay kailanman"
   h. mula sa konteksto ng Exodo 3:13-16 isang paglalaro sa DI-GANAP na anyo na ginamit sa GANAP na pakahulugan, "Ako ay mananatili sa kung ano Ako" o "Ako ay mananatili sa kung ano meron Ako sa simula pa lang" (cf. J. Wash Watts, *A Survey of Syntax in the Old Testament*, p. 67). Ang buong pangalan naYHWH ay madalas na ipinapakita sa pagdadaglat o posible ay isang orihinal na anyo.

(1) *Yah* (e.g., Hallelu - yah, BDB 219, cf. Exodo 15:2; 17:16; Awit 89:8; 104:35) (2) *Yahu* ("iah" huling ng mga pangalan g of names, e.g., Isaiah)

(3) *Yo* ("Jo" simula ng mga pangalan, e.g., Josueo Joel)

3. Sa huling mga Judaismo ang tipanang pangalan na ito ay naging napakabanal (ang tetragrammaton) na ang Hudyo ay natatakot na sabihin sa kadahilanang sila ay makalalabag sa kautusan ng. 20:7; Deuteronomio 5:11; 6:13. Kaya pinalitan nila ang Hebreong salita para sa "may-ari," "pinuno," "asawa," "panginoon"—adon o adonai (aking panginoon). Kung lalapit sila kay YHWH sa kanilang pagbabasa ng OT na maga teksto sinasalita nila ang "panginoon." Ito ang dahilan kung bakit ang YHWH ay naisulat sa Panginoon sa Ingles na mga salin.
4. At sa *El*, ang YHWH ay madalas na isanasama sa ibang mga salita upang magbigay diin sa ilang mga katangian ng Tipanan Diyos ng Israel. Habang mayroon namang maraming posibleng kombinasyon na mga salita, narito ang mga ilan.
   a. *YHWH – Yireh* (YHWH ay magtutustos, BDB 217 & 906), Genesis 22:14
   b. *YHWH – Rophekha* (YHWH ang iyong mangagamot, BDB 217 & 950, *Qal* KATAGA), Exodo 15:26
   c. *YHWH – Nissi* (YHWH ang aking damdana, BDB 217 & 651), Exodo 17:15
   d. *YHWH - Meqaddishkem* (YHWH ang Siyang nagpapabanal sa iyo, BDB 217 & 872, *Piel* KATAGA), Exodo 31:13
   e. *YHWH – Shalom* (YHWH ay Kapayapaan, BDB 217 & 1022), Hukom 6:24
   f. *YHWH – Sabbaoth* (YHWH ng mga hukbo, BDB 217 & 878), I Samuel 1:3,11; 4:4; 15:2; madalas sa mga Propeta
   g. *YHWH – Ro'I* (YHWH ang aking pastol, BDB 217 & 944, *Qal* KATAGA), Awit 23:1
   h. *YHWH – Sidqenu* (YHWH ang aking katuwiran, BDB 217 & 841), Jeremias 23:6
   i. *YHWH – Shammah* (YHWH ay naroon, BDB 217 & 1027), Ezek. 48:35

**6:21 "at pagdaka'y dumating ang daong sa lupang kanilang tinutumpa"** Ito ay malinaw na ibang pangyayari ng himala (cf. 22-25) dahil sa ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagbanggit na sila nagsagwang ng mahigit sa kalahati papunta sa gitna lawa (cf. Marcos 6:47). Gayunman, hindi binanggit sa ibang mga Ebanghelyo (i.e., Mateo 14:32 o Marcos 6:51).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:22-25

**22Nang kinabukasan ay nakita ng karamihang nakatayo sa kabilang ibayo ng dagat na doo'y walang ibang daong, kundi isa, at hindi lumulan sa daong si Hesus na kasama ng kaniyang mga alagad, kundi ang kaniyang mga alagad lamang ang nagsipaglayag 23(Gayon man ay may mga daong na nagsidating na mula sa Tiberias malapit sa dako na kanilang kinainan ng tinapay pagkatapos na makapagpasalamat ang Panginoon) . 24Nang makita nga ng karamihan na wala roon si Hesus, ni ang kaniyang mga alagad man, ay nagsilulan sila sa mga daong, at nagsidating sa Capernaum, na hinahanap si Hesus. 25At nang siya'y kanilang masumpungan sa kabilang ibayo ng dagat, ay kanilang sinabi sa kanila, Rabi, kailan ka dumating dito?**

**6:23 "Tiberias"** Ang bayan na ito ay itinayo ni Herodes ng noong A.D. 22 at naging kapiolyo ito.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:26-34

**26 Sinagot sila ni Hesus at sinabi, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako'y inyong hinahanap, hindi dahil sa inyong nangakitang mga tanda, kundi dahil sa kayo'y nagsikain ng tinapay, at kayo'y nangabusog." 27 "Magsigawa kayo hindi dahil sa pagkaing napapanis, kundi dahil sa pagkaing tumatagal sa buhay na walang hanggan, na ibibigay sa inyo ng Anak ng tao: sapagka't siyang tinatakan ng Ama, sa makatuwid baga'y ang Diyos" 28 Sinabi nga nila sa kaniya, "Ano ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa ang mga gawa ng Diyos? " 29 Sumagot si Hesus at sa kanila'y sinabi, "Ito ang gawa ng Diyos, na inyong sampalatayanan yaong kaniyang sinugo." 30 Sinabi nga nila sa kaniya, "Ano nga ang inyong ginagawa na pinakatanda, upang aming makita, at sampalatayanan ka namin? ano ang ginagawa mo?" 31 "Nagsikain ang aming mga magulang ng mana sa ilang;" gaya ng nasusulat, 'Tinapay na galing sa langit ang sa kanila'y kaniyang ipinakain.' 32 Sinabi nga sa kanila ni Hesus, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi si Moises ang nagbigay sa inyo ng tinapay na galing sa langit; kundi ang aking Ama ang nagbibigay sa inyo ng tunay na tinapay na galing sa langit." 33" Sapagka't ang tinapay ng Diyos ay yaong bumababang mula sa langit, at nagbibigay buhay sa sanglibutan." 34 Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, "Panginoon, bigyan mo kaming palagi ng tinapay na ito. "**

**6:26,32,53 "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo"** "Amen," "Amen." Ito ay isang Hebreong parirala na may tatlong magkakaibang mga paggamit.

1. Ang salita ay ginamit para sa "magtiwala." Ang pang-pigurang pakahulugan nito ay "maging matatag" at ginamit upang ipalarwan ang isang pananampalataya kay YHWH.
2. Ang paggamit ni Hesu ay nagpapakita ng panimula ng importante at mahalagang mga pangunguasap. Wala tayong ibang napapanahong paggamit ng "amen" sa ganitong paraan.
3. Sa sinaunag iglesya, gaya ng sa OT, naging salita ito ng pagsang-ayon o pagkikdamay. See Natatanging Paksa: Amen sa 1:51.

▣ **"dahil sa kayo'y nagsikain ng tinapay"** Ang kanilang motibo ay pisikal at mangmadalian, hindi espirtwal at pangwalang-hanggan.

▣ **"at kayo'y nangabusog"** Ang salitang ito ay nangangahulgang "mabunsol," ito ay madalas na ginagamit sa mga hayop (lalo na ang mga baka).

**6:27 "Magsigawa kayo hindi dahil"** Ito ay PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA na madalas na ibig sabihin ay ihinto ang gawa na kasalukuyang nasa progreso. Ang OT pinangyayarihan ng pariralang ito ay sa Isaiah 5. Ang usapang ito ay maraming pagkakakatulad doon sa isa na kasama ang babae sa balon sa Juan 4.

▣ **"napapanis"** Tignan Natatanging Paksa: *Apollumi* sa 10:10.

▣ **"sapagka't siyang tinatakan"** Ito ay literal na "tinatakan." Ito ay isang tanda ng katunayan, pagmamay-ari, awtoridad, at seguridad (cf. NEB at Mateo 28:18; Juan 17:2). TEV at NIV isinalin ito bilang "pagsang-ayun" dahil ito ay ginamit upang igiit ang Diyos Ama sa Kanyang pagsang-ayun sa ministeryo ni Hesus. Tignan Natatanging Paksa: Pagtatak sa 3:33, na kung saan ito ay maaring tumutukoy sa Banal na Espiritu.

**6:28 "Ano ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa ang mga gawa ng Diyos?"** Ito ang sentrong pang relihiyosong katanungan sa unang siglong Judaismo (cf. Lucas 18:18). Ang mga relihiyosong mga Hudyo ay inaakalang tama sa harapan ng Diyos batay sa (1) kanilang salinlahi at (2) kanilang pagganap sa mga Batas na Mosaik na siya namang binigyan kahulugan ng mga Binigkas na Tradisyon (Talmud).

**6:29 "na inyong sampalatayanan yaong kaniyang sinugo"** Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PASAKALI na sinundan ng isang AKTIBONG AORIST NA PAGPAPAKILALA. Ang salitang "maniwala" ay krusyal sa pag-uunawa sa mga NT na katuruan patungkol sa kaligtasan. Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

Ang pangunahing oryentasyon ng salita ay bolisyonal na pagtitiwala. Ang Griyego grupo ng salita ay *pistis* na pwedeng isalin bilang "maniwala," "magtiwala" o "manampalataya." Ang pokus ng paniniwala ng tao ay dapat "sa Kanya" (cf. 1:12; 3:16), hind sa makataong sinseridad, pangako, o kasigasihan. Ang pangmadaliang oryentasyon ng talatang ito ay ang personal na relasyon kay Hesu Kristo, hindi ang ortodoks na teolohiya patungkol sa Kanya, mga inaasahang relihoyosong ritwal, o maging maayos na pamumuhay. Ang lahat ng mga bagay na ito ay makakatulong ngunit hindi pangunahin. Pansinin na si Hesus ay binago ang PANGMARAMIHAN na "gawa" sa kanilang mga katanungan patungo sa PANG-ISAHAN na "gawa."

Para sa "sinugo" tignan Natatanging Paksa: Magsugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**6:30-33** Dapat tandaan na ang grupong ito ay kaylan lang ay nakipagsalamuha sa isang mahimalang pagpapakain sa limang libo. Natanggap na nila ang kanilang tanda! Ang rabinikal na Hudaismo ay inakalang uulitin ng Mesias ang ilang mga OT na mga gawa, gaya ng pagpapadala ng manna (cf. II Baruch 29:8). Ang mga rabi ay ginamit ang Awit 72:16 bilang pruwebang teksto sa pananaw sa isang "super-Moses" na tipo ng Mesias (cf. I Corinto 1:22).

Mayroong isang mahalagang gramatikal na katangian sa pagitan n gang "maniwala sa Kanya" ng v. 29 at "maniwala sa Iyo ng v. 30. Ang una ay nakatuon sa karaniwang konstruksyon ni Juan sa maniwala kay/sa Hesus. Ito ay personal na pagtuon. Ang ikalawang pagtuon sa paniniwala sa mga salita ni Hesus o pag-angkin na siyang nilalaman ng pagtuon. Tandaan, na ang Ebanghelyo ay parehong persona at mensahe. Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

**6:31 "gaya ng nasusulat"** Ito ay isang PERIPHRASTIC PERFECT PASSIVE KATAGA. Ito ay pamantayang gramatikal na porma upang ipakilala ang mga sinipi sa Kasulatan mula sa OT. Ito ay isang idyoma na tumatangap sa inspirasyon at awtoridad ng OT. Ang siping ito ay maaring tumutukoy sa isa sa ilang mga OT na mga teksto o kombinasyon: Awit 78:24; 105:40; Exodo 16:4,15, o Nehemia 9:15.

**6:32** Si Hesus ay tinalakay ay tradisyonal na teolohiya ng mga Hudyo. Kanilang ipinagdidiinan na ang Mesias ay dapat na gumawa ng mahihimalang mga gawa gaya ni Moses dahil sa Deuteronomio 18:15,18. Itinaman ni Hesus ang kanilang mga pag-aakala sa ilang mga punto.

1. Ang Diyos, hindi si Moses, ang nagbigay ng manna
2. Ang manna ay hindi naggaling sa langit bagamat ito ay alam ng mga tao(cf. Awit 78:23-25)
3. ang tunay na tinapay ng langit ay si Hesus, na siyang hindi nakalipas na gawa, kundi ang pangkasalukuyang

realidad

**6:33 "yaong bumababang mula sa langit** It ay paulit-ulit na tema ni Juan (cf. 3:13). Ito ay bertikal na dualismo ni Juan. Sa kontekstong ito ang pagbaba ni Hesus ay inalagay ng pitong beses (cf. 6:33,38,41,42,50,51,58). Ito ay nagpapakita ng pre-eksistent, banal na pinagmulan (cf. vv.33,38,41,42,50,51,58, and 62). Ito rin ay pagalalaro sa salitang "manna" na nagmula sa langit na gaya ni Hesus ang tunay na TInapay, ang Tinapay ng Buhay. Ito ay literal na "ang tinapay ng Diyos na siyang bumaba mula sa langit." Narito ang PANLALAKENG PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANTUKOY na nagsasad sa (1) "tinapay" o (2) isang lalake, Hesus. Madalas sa Juan ang mga kalabuan ay may puno ng layunin (dobleng entenders).

▣ **"nagbibigay buhay sa sanglibutan"** Ito ay layuning sa pagdating ni Hesus (cf. 3:16; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Ang tunguhin ay "bagong buhay," "buhay na walang hanggan ," "bagong panahong buhay," "Ang uri ng buhay ng Diyos" para sa isang ligaw at rebeldeng mundo, hindi sa ilang mga espesyal na grupo (Hudyo/Hentil, pinili/hindi pinili, konserbatibo/ liberal), ngunit para sa lahat!

**6:34**
**NASB, NKJV "Panginoon"**
**NRSV, TEV,**
**NJB, NET BIBLIYA,**
**NIV, REB "Ginoo"**

Ang dalawang salitang ito ay parehong nagpapakita ng magkaibang semantikong pagkakagamit ng kurios. Sa kontekstong ito ang pangalawang pagpipiliian ang tila pinakamahusay. Ang maraming tao ay hindi naintindihan si Hesus o ang Kanyang mga salita. Hindi nila naramadaman si Hesus bilang isang Mesias (pansinin din 4:11; 5:7).

▣ **"bigyan mo kaming palagi ng tinapay na ito"** Ito ay kagaya ng payahag ng babae sa balon sa Juan 4:15. Ang mga Hudnyo na ito ay hindi naunawaan ang alinman sa mga espirtwal na metapora ni Hesus. Ito ay paulit-ulit na tema sa Juan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:35-40

**35 Sa kanila'y sinabi ni Hesus, "Ako ang tinapay ng kabuhayan: ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw. 36 Datapuwa't sinabi ko sa inyo, na nakita ninyo ako, at gayon ma'y hindi kayo nagsisampalataya. 37 Ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama ay magsisilapit sa akin; at ang lumalapit sa akin sa anomang paraan ay hindi ko itataboy 38 Sapagka't bumaba akong mula sa langit, hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin. 39 At ito ang kalooban ng nagsugo sa akin, na sa lahat ng ibinigay niya sa akin ay huwag kong iwala ang anoman, kundi ibangon sa huling araw. 40 Sapagka't ito ang kalooban ng aking Ama, na ang bawa't nakakakita sa Anak, at sa kaniya'y sumampalataya, ay magkaroon ng walang hanggang buhay; at akin siyang ibabangon sa huling araw."**

**6:35 "Ako ang tinapay ng kabuhayan"** Isa ito sa mga "Ako ang" na mga paglalahad na siyang katangi-tangi sa Juan (cf. 6:35,41,48,51; 8:12;10:7,9,11,14; 11:25; 14:6; 15:1,5). Ang Ebanghelyo ni Juan ay nakatuon sa persona ni Kristo. Ito au may kinalaman sa makamesyas na pag-aabang ng mga Hudyo patungkol sa manna at ang tagapagbigay ng Batas na Siyang magdadala ng panibagong paglilisan (mula sa kasalanan). Tigna puna sa 8:12.

▣ **"ang lumalapit sa akin ay hindi magugutom, at ang sumasampalataya sa akin kailan ma'y hindi mauuhaw"** Ito ay dalawang malalakas na PANDALAWANG NEGATIBO sa Griyego, hese are two strong DOUBLE NEGATIVES in Greek, "ay hindi kailanman hindi maari" (cf. v. 37).

May pagkakatulad na kaugnayan sa pagitan ng "lumalapit" at "sumasampalataya" (cf. 7:37-38, kagaya ng sa "nakikita" at "naririnig"). Sila ay parehong PANGKASALUKUYANG PANTUKOY. Ang paglapit at pananampalataya ng mga mananampalataya ay hindi pang-isahang desisyon, ngunit simula ng isang pamumuhay na pakikipagkapatiran, pakikipag-kaibigan at pagsuno.

▣ **"gutom. . .uhaw"** gutom at uhaw ay madalas na ginagamit upang ilarawan ang espirtwal na realidad (cf. Awit 42:1; Isaias 55:1; Amos 8:11-12; Mateo5:6).

**6:36 "na nakita ninyo ako"** Ilang mga sinaunang mga saksi (MSS א, A, at maraming Matatandang Latin, Vulgate, at Syriac na mga bersyon) tinanggal ang "Ako," na siyang naging dahilan upang ang paglalahad ni Hesus ay tumutukoy sa Kanyang tanda (i.e., pagpapakian sa maraming). Ang PANGHALIP ay isinaman sa napakaraming mga Griyegong manuskripto at mga bersyon na ang UBS[4] hindi makakapagdesisyon kung anu ang orihinal.

**6:37 "Ang lahat ng ibinibigay sa akin ng Ama ay magsisilapit sa akin"** Ang pangunahing pagdidiin sa talatang ito ay sa kapangyarihan ng Diyos. Ang dalawang depinitibong talata sa katotohanang teolohikal nito ay sa Roma 9 at Efeso 1:3-14. Kapuna-puna na sa parehong konteksto ang pagtugon ng sangkatauhan ay kinakailangan. Ang Roma 10 ay may pitong pangkalahatang pagpapabilang na mga talata. Ito rin ay ang kaso sa Efeso 2, na kung saan ang talakayan ng biyaya ng Diyos sa

vv. 1-7 ang siyang usapin sa pagtawag sa pananampalataya sa vv. 8,9. Ang Predestinastyon ay isang doktrina para sa mga tinubos, at hindi hadlang sa mga hindi ligtas. Ang susi sa pagbukas sa doktrina ay ang pag-ibig at biyaya ng Diyos, hindi ang pangwalang hanggan na pasya. Pansinin na ang lahay ng binagay ng Diyos kay to Hesus ay "lumalapit" din sa Kanya. Ang Diyos ay laging nagdadala ng pangunguna(cf. vv. 44,65), ngunit ang tao ay dapat na tumugon (cf. 1:12; 3:16). Tignan Natatanging Paksa sa 3:16.

▣ **"at ang lumalapit sa akin sa anomang paraan ay hindi ko itataboy"** Ito ay isa na namang malakas na PANDALAWANG NEGATIBO. Ito ay nagdidiin sa katotohanan na ang Diyos ay tumatawag at tumatanggap ng kahit na sino at tinatanggap ang sinoman sa Kanya sa pamamagitan ni Kristo (cf. Ezek. 18:21-23; 30-32; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ang Diyos ay laging nagdadala ng pangunguna (cf. vv. 44,65), ngunit ang tao ay dapat na tumugon (cf. Marcos 1:15; Mga Gawa 3:16, 19; 20:21). Isang kamangha-manghang talata ng seguridad!(cf. Roma 8:31-39)!

## NATATANGING PAKSA: KRISTYANONG KATIYAKAN

Ang katiyakan (1) isang biblikal na katotohanan, (2) isang karanasan sa pananampalataya ng mananampalataya, at (3) isang pamumuhay.

A. Ang bibilkal na basihan para sa katiyakan ay
  1. Ang karakter ng Diyos Ama
    a. Genesis 3:15; 12:3
    b. Awit 46:10
    c. Juan 3:16; 10:28-29
    d. Roma 8:38-39
    e. Efeso 1:3-14; 2:5,8-9
    f. Filipos 1:6
    g. II Timoteo 1:12
    h. I Pedro 1:3-5
  2. Ang gawain ng Diyos Anak
    a. Ang Kanyang makasesordoteng pananalangin, Juan 17:9-24, lalo na sa v. 12
    b. Ang Kanyang sakriposyong paghahalili
      1) Roma 8:31
      2) II Corinto 5:21
      3) I Juan 4:9-10
    c. Ang Kanyang patuloy na intersasyon
      1) Roma 8:34
      2) Hebreo 7:25
      3) I Juan 2:1
  3. Ang pagpapalakas ng Diyos Espiritu
    a. Ang Kanyang pagtawag, Juan 6:44,65
    b. Ang Kanyang pagtatak
      1) II Corinto 1:22; 5:5
      2) Efeso 1:13-14; 4:30
    c. Ang Kanyang personal na katiyakan
      1) Roma 8:16-17
      2) I Juan 5:7-13

B. Ang kinakailangang pangkasunduan pagtugon ng mananampalataya ay
  1. panimula at nagpapatuloy na pagsisisi at pananampalataya
    a. Marcos 1:15
    b. Juan 1:12
    c. Mga Gawa 3:16; 20:21
    d. Roma 10:9-13
  2. pag-aalaala na ang layunin ng kaligtasan ay pagiging kahawig ni Kristo

a. Roma 8:28-29

b. Efeso 1:4; 2:10; 4:13

3. pag-aalaala na ang katiyakan ay napapatunayan sa pamamagitan ng pamumuhay

a. Santiago

b. I Juan

4. pag-aalaala na ang katiyakan ay napapatunayan sa pamamagitan ng akitbong pananampalataya at pagpapatuloy

a. Marcos 13:13

b. I Corinto 15:2

c. Hebreo3:14; 4:14

d. II Pedro 1:10

e. Hudas vv. 20-21

**6:38 "Sapagka't bumaba akong mula sa langit** Ito ay GANAP NA PAMANAHUNAN na tumutukoy sa Pagkakatawang-tao (cf. Juan 1:1ff; Efeso 4:8-10), ang resulta nito ay nanatili. Ito rin ay nagpapakita ng makalangit na pinagmulan ni Hesus (cf .vv. 41,62).

▣ **"hindi upang gawin ko ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng nagsugo sa akin."** Ang NT ay nagpapahayag ng parehong pagkakaisa ng Trinidad (tignan Natatanging Paksa sa14:26), halimbawa14:8-9 at ang personalidad ng tatlong mga persona. Ang talatang ito ay bahagi ng umiiral na pagdidiin ni Juan patungkol sa pagpapasukob ni Hesus sa Ama. Tignan buong puna sa 5:19. Tignan Natatanging Paksa: Isinugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**6:39 "na sa lahat ng ibinigay niya sa akin ay huwag kong iwala ang anoman"** Mayroong kapansin-pansin na relasyon sa pagitan ng NEUTER NA PANG-ISAHAN "lahat na" ng v. 37 at ang NEUTER NA PANG-ISAHAN ng v. 39. Si Juan ay ginagamit ang di-pangkaraniwang pormang ito ng ilang beses (cf. 17:2,24). Malinaw na ito ay nagdidiin sa buong pangkalahatan(cf. vv. 40,45).

Ito ay isang dakilang pangako ng nagpapanatiling kapangyaharihan ng Diyos, isang daluyan ng Kristyanong katiyakan (cf. Juan 10:28-29; 17:2,24, tignan Natatanging Paksa sa I Juan 5:13). Pansinin na ang PAMANAHUNANG PANDIWA ng v. 37 ay PANGKASALUKUYANG PAMANAHON, habang sav. 39 ito ay GANAP NA PAMANAHON. Ang regalo ng Diyos namamalagi! At saka ang huling dalawang apirmasyon ng v. 39 ay parehong AORIST NA AKTIBO; Hindi mamawala kay Hesus ang sinomang ibinigay ng Ama sa Kanya (vv. 37 at 39) at ibabangon Niya ang lahat ng nasa sa Kanya sa huling araw (cf. v. 44). Narito ang banal na mga pangako (1) pagpili at (2) pagpapatuloy!

Ang konseptong ito ng araw ng pagkatupad (parehong positibo at negatibo) ay tinawag ng ilan sa mga titulong.

1. ang huling mga araw, 6:39,40,44,54; 11:24; 12:48; II Timoteo 3:1; I Pedro 1:5; II Pedro 3:3
2. ang huling panahon, I Juan 2:18; Hudas v. 18
3. sa araw na yaon, Mateo 7:22; II Timoteo 1:12,18; 4:8
4. isang araw, Mga Gawa 17:31
5. ang dakilang araw, Hudas v. 6
6. ang araw, Lucas 17:30; I Corinto 3:13; I Thesalonica 5:4; Hebreo 10:25
7. araw Niya, Lucas 17:24
8. ang araw ng Panginoon, I Thesalonica 5:2; II Thesalonica 2:2
9. ang araw ni Kristo, Filipos 1:10; 2:16
10. ang araw ng Panginoong Hesu Kristo, I Corinto 1:8; 5:5
11. ang araw ng Panginoong Hesus, II Corinto 1:14
12. ang araw ni Kristo Hesus, Filipos 1:6
13. ang araw ng Anak ng tao, Lucas 17:24 (see also #7)
14. araw ng paghuhukom, Mateo 10:15; 11:22,24; 12:36; II Pedro 2:9; 3:7; I Juan 4:17
15. araw ng poot, Pahayag 6:17
16. Ang dakilang araw ng Diyos - Pahayag 16:14

▣ **"kundi ibangon sa huling araw"** Ito ay tumutukoy sa araw ng para sa mga mananampalataya ngunit paghuhukom para sa mga hindi mananampalataya(cf. vv. 40,44,54; 5:25,28; 11:24 at I Corinto 15). Si Frank Stagg ay may nakakatulong na pahayag patungkol dito na kanyang pinunto sa kanyang *A New Testament Theology*: "Ang Ebanghelyo ni Juan ay isang pakikidama patungkol sa paparating na hinaharap (14:3,18 f.,28; 16:16,22) at ito ay malinaw na nagsasalita sa muling pagkabuhay at paghuhukom sa "huling mga araw" (5:28 f., 6:39 f., 44,54; 11:24; 12:48); subalit sa buong Ikaapat na

Ebanghelyo, buhay na walang hanggan, paghuhukom, at muling pagkabuhay ay pangkasalukuyang mga realidad (3:18 f.; 4:23; 5:25; 6:54; 11:23 ff.; 12:28,31; 13:31 f.; 14:17; 17:26)" (p. 311).

**6:40 "ito ang kalooban ng aking Ama"** Ito ang sagot ni Hesus sa mga tanong sa v. 28, "**Ano ang kinakailangan naming gawin, upang aming magawa ang mga gawa ng Diyos?**" Tignan Natatanging Paksa: Ang Kalooban ng Diyos sa 4:34.

▣ **"na ang bawa't nakakakita sa Anak"** Ang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANTUKOY ng of "nakakakita" at "nanampalataya" ay kahanay (gaya ng "lumalapit" at"nanampalataya" sa v. 35, gaya ng "nakikita" at "naririnig"). Ang mga ito ay patuloy na mga aksyon, hindi pang-isahang mga kaganapan. Ang salitang "nakakakita" ay nangangahulugang "pagmasdan ng maiigi" ang isang bagay upang maintindihan o maunawaan ito.

Gustong-gusto ko ang salitang "sinoman" (*pas*), pansinin

1. na ang lahat ng manampalataya sa pamamaghitan niya, 1:7
2. nagbibigay liwanag sa bawat tao, 1:9
3. kung sinoman ang manampalataya sa Kanya ay may buhay na walang hanggan, 3:15
4. na sinoman ang manampalataya sa Kanya ay hindi mapapahamak, ngunit magkakaroon ng buhay na walang hanggan, 3:16
5. na ang lahat ay magpaparangalk sa Anak Son, 5:23 6.-9. Juan 6:37,39,40,45
10. ang sinoman na nagmamahala at mananampalataya sa Akin ay hindi kailanman mamamatay, 11:26
11. Ako, kung Ako, ay maitataas mula sa lupa ay magdadala ng mga tao papunta sa Aking Sarili, 12:32
12. ang sinoman na manampalataya sa Akin ay hindi mananatili sa kadiliman, 12:46

Ito ang hiwaga ng dakilang kapangyarihan o *sovereignty* (cf. vv. 38-39; 17:2,24 vs. kusang-loob). Kahit paano pareho itong totoo. Para sa akin ang teolohikong konsepto ng "kasunduan o tipan" ay nag-uugnay sa kanila ng mahusay!

▣ **"sa kaniya'y sumampalataya"** Tandaan na ang kaligtasan ay pangunahing na personal na relasyon, hindi kredo, tamang teolohiya, o mabuting pamumuhay (cf. 3:16; 11:25-26). Ang diin ay sa bagay na pinagtutuunan ng pananampalataya, hindi ang tindi nito. Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

Pansinin ang pagkabalanse sa pagdidiin sa dakilang kapangyarihan ng Diyos sa pagpili sa vv. 37a,39,44,65 at ang pananampalatayang pagtugon ng sangkatauhan sa v. 37b, 40. Ang mga biblikal na mga tensyon na ito ay dapat na manatili, ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at ang kusang-loob ng sangkatauhan ay nagbubuo ng kambal na aspeto ng biblikal na tipanan.

▣ **"magkaroon ng walang hanggang buhay"** Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PASAKALI; ang pagtugon ay kinakailangan (cf. I Juan 5:11). At saka pansinin na ang v.39 ay pangkalahatan, habang ang v. 40 ay pang-indibdwal. Ito ang kabalintunaan ng kaligtasan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:41-51

**41Ang mga Hudyo nga ay nagbulongbulungan tungkol sa kaniya sapagka't kaniyang sinabi, Ako ang tinapay na bumabang galing sa langit. " 42At kanilang sinabi, Hindi baga ito'y si Hesus, ang anak ni Jose, na nakikilala natin ang kaniyang ama at ina? paano ngang sinasabi niya, Ako'y bumabang galing sa langit?" 43Sumagot si Hesus at sa kanila'y sinabi, Huwag kayong mangagbulongbulungan. 44Walang taong makalalapit sa akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa akin ang sa kaniya'y magdala sa akin; at siya'y aking ibabangon sa huling araw. 45Nasusulat sa mga propeta, At tuturuan silang lahat ng Diyos. Ang bawa't nakarinig sa Ama, at natuto, ay lumalapit sa akin. 46Hindi sa ang sinoma'y nakakita sa Ama, kundi yaong nanggaling sa Diyos, siya ang nakakita sa Ama. 47Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sumasampalataya ay may buhay na walang hanggan. 48Ako ang tinapay ng buhay. 49Nagsikain ang inyong mga magulang ng mana sa ilang, at sila'y nangamatay. 50Ito ang tinapay na bumababang galing sa langit, upang ang taong makakain, ay huwag mamatay. 51Ako ang tinapay na buhay na bumabang galing sa langit: kung ang sinoman ay kumain ng tinapay na ito, siya'y mabubuhay magpakailan man: oo at ang tinapay na aking ibibigay ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan. "**

**6:41 "Ang mga Hudyo nga ay nagbulongbulungan"** Ito ay DI-GANAP NA PAMANAHUNAN, na nangangahulugang silay ay nagsimulang magbulungbulungan o nagbubulungan ng paulit-ulit. Ang paghahalintulad sa panahon ng paglalakbay sa ilang (cf. Exodo at Bilang) ay kitang-kita. Ang mga Israelita sa araw na yaon ay itinakwil si Moses, ang kinatawan ng Diyos, na siya ring nagtustos sa kanila ng pagkain.

**6:42** Ito'y nagpapakita na ang mga Hudyo ay naunawaan ang mga salita ni Hesus patungkol sa Kanya. Siya ay malinaw na gumagamit ng Hudyong idyoma upang angkinin ang pagiging pre-ekistent at banal! Ang mga salita ni Hesus ay nananatiling nakakagimbal, na nagmula sa isang karpentero sa Galilea! Si Hesus ay gumawa ng malalakas na mga pahayag patungkol sa Kanyang sarili. Siya nga ay

1. ang nagkatawang tao na Anak ng Diyos na nagdala ng buhay na walang hanggan sa pamamigtan ng Kanyang mga salita at mga gawa o

2. isang naghahandang sinungaling o
3. isang baliw (kinuha mula sa Joshua McDowell, *Evidence That Demands a Verdict*) Ang katotohanan ng pag-aangkin ni Hesus ang isyu ng Kristyanismo.

**6:43 "Huwag kayong mangagbulongbulungan"** Ito ay PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may NEGATIBONG PANTUKOY na kadalasan ay nangangahulugang itigil ang isang gawain na kasalukuyang nasa progreso.

**6:44 "Walang taong makalalapit sa akin, maliban nang ang Amang nagsugo sa akin"** Ang Diyos ay laging nagdadala ng pangunguna (cf. v. 65 at 15:16). Ang lahat na espiritwal na mga desisyon ay resulta ng panunuyo ng Espiritu, hindi sa pagiging relihiyoso ng sangkatauhan (cf. Isaias 53:6). Ang dakilang kapangyarihan ng Diyos at ang itinakdang pagtugon ng tao ang hindi mapaghiwalay na dugtong ayon sa kalooban at awa ng Diyos. Ito ang OT na konsepto ng kasunduan o tipan. Ang balance sa "pagdadala ng Diyos" ay matatagpuan sa 12:32 na kung saan si Hesus ay "dinala ang lahat ng tao sa Kanya." Ang pagdadala na ito ay nagbabaligtad sa ipinakitang halimbawa sa OT ng tao ng Diyos sa hindi pagtugon sa Kanyang makapropeta na salita (mga halimbawa sa: Isaias 6:9-13; 29:13; Jeremiah). Ang Diyos ngayun ay nagsasalita, hindi sa pamamagitan ng mga propeta ng Israel, ngunit sa pamamagitan ng Kanyang Anak sa lahat ng sangkatauhan (cf. Hebreo 1:1-3). Tignan Natatanging Paksa: Sinugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**6:45 "Nasusulat sa mga propeta"** Ito ay isang sipi mula sa Isaias 54:13 o Jeremias 31:34 na naglalarawan sa panloob (bagong puso, bagong isip) na aspeto ng " Bagong Tipan."

▣ **"Ang bawa't nakarinig sa Ama, at natuto, ay lumalapit sa akin"** Isang imposible na angkinin na kilala ang Diyos at itinatakwil si Hesus (cf. I Juan 5:1-12).

**6:46 "[46]Hindi sa ang sinoma'y nakakita sa Ama"** Ang pagsang-ayon ni Hesus ay sa pamamagaitan Niya lamang tunay na mauunawaan at makikilala ang Diyos (cf. Juan 1:18; 14:6,9). Maging si Moses ay kailanman hindi tunay na nakita si YHWH (cf. puna sa 5:32).

**6:47** Ang talatang ito ay nagbubuod sa alok ni Hesus ng libreng kaligtasan sa lahat ng mga tao ("ang isang nanampalataya," PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANTUKOY; "buhay na walang hanggan" cf. vv. 51,58; 3:15,16,36; 5:24; 11:26; 20:31). Si Hesus ay ang nagiisang tunay na kapahayagan ng Diyos, ang tanging pintuan patungo sa Diyos (ang eksklusibismo ng ebanghelyo, cf. 10:1-6,7-9; 14:6), ngunit ito ay nakalaan sa lahat ng mga anak ni Adam (ang inklusibismo ng ebanghelyo ay natutupad 1:4,7,12; 3:16; Genesis 3:15; 12:3).

**6:50** Ang talatang ito, gaya ng sa 31-35, ay isang paglalaro sa kahulugan ng tinapay, pisikal na tinapay (manna) at sa makalangit na tinapay (Hesus). Ang isa ay nagbibigay at nagsusustina ng pisikal na buhay, ngunit kailangang patuloy na ulit-ilitin at sa bandang huli ay titigil sa pagdating ng kamatayan. Ang isa ay nagbibigay at nagsusustina ng buhay na walang hanggan, ngunit kailangang tanggapin at palaguin at dagliang nagwawakas sa espiritwal na kamatayan (naputol na pagsasama sa Diyos; matalik na pakikisama sa kasalanan at sa sarili).

**6:51 "Ako ang tinapay na buhay"** Ito ay isa sa kilalang "Ako ang" na pahayag ng Ebanghelyo ni Juan (cf. 6:35,48,51). Ito ay literal na teknik ni Hesus upang ituon ang atensyon ng mga tao sa Kanyang persona. Ang kaligtasan, gaya ng kapahayagan, ay tunay na sa bandang huli ay patungkol sa isang persona.

▣ **"ay ang aking laman, sa ikabubuhay ng sanglibutan"** Ito ay isang metapora na nagdidiin na si Hesus mismo, hindi ang ilang mga pagkaing panustos, ang ating sentrong pangangailangan. Ito ang talata na kitang-kita na nagdudugtong pabalik sa 1:14.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:52-59

**[52]Ang mga Hudyo nga'y nangagtatalo, na nangagsasabi, "Paanong maipakakain sa atin ng taong ito ang kaniyang laman?" [53]Sinabi nga sa kanila ni Hesus, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban nang inyong kanin ang laman ng Anak ng tao at inumin ang kaniyang dugo, ay wala kayong buhay sa inyong sarili.**

**[54]Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay may buhay na walang hanggan; at siya'y aking ibabangon sa huling araw [55]Sapagka't ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo ay tunay na inumin. [56]Ang kumakain ng aking laman at umiinom ng aking dugo ay nananahan sa akin, at ako'y sa kaniya. [57]Kung paanong sinugo ako ng Amang buhay, at ako'y nabubuhay dahil sa Ama; gayon din [58]Ito ang tinapay na bumabang galing sa langit: hindi gaya ng mga magulang na nagsikain, at nangamatay; ang kumakain ng tinapay na ito ay mabubuhay magpakailan man." [59]Sinabi niya ang mga bagay na ito sa sinagoga, samantalang siya'y nagtuturo sa Capernaum.**

**6:52**
**NASB "makipagtalo"**
**NKJV "nakipag-away"**

**NRSV "nakipagtalo"**
**TEV "isang galit na pakikipag-argumento"**
**NJB "pakikipagtalo"**

Ang DI-GANAP NA PAMANAHUNAN ay nangangahulugang ang pasimula ng isang bagay o ang pagpapatuloy ng isang bagay sa nakalipas na panahon. Ito ay malakas na Griyegong salita para sa pag-aaway (cf. Mga Gawa 7:26; II Timoteo 2:23-24; Tito 3:9) and used metaphorically in II Corinto 7:5 and Santiago 4:1-2.

▣ **"Paanong ang taong ito ay ibibigay Niya ang Kanyang laman sa atin upang kainin"** Sa Juan si Hesus ay nagsasalita sa metaporang lenggwahe na siyang palagiang hindi naiintidhan sa literal na pakahulugan: (1) Nicodemus, 3:4; (2) ang babaeng Samaritana, 4:11; (3) ang maraming Hudyo, 6:52; at (4)mga disipulo, 11:11.

**6:53-57** Ang mga PANDIWARI sa vv. 53 at 54 ay nakakapagpa-interesado. Sa v. 53, "kumain" at "uminom" ay mga AORIST AKTIBONG PASAKALI na nagsasaad ng isang bolisyonal na potensyal ng pangungunang pag-aksyon. Ang PANDIWARI sa v. 54, "kumakain" at "umiinom," ay mga PANGKASALUKUYANG AKTIBONG MGA PANTUKOY na nagbibigay diin sa nagpapatuloy na aksyon (cf. vv. 56,57,58). Ito ay parang nagbibigay ng konpirmasyon sa katotohanan na ang isa ay dapat mangunang tumugon kay Hesus at patuloy na tumugon (cf. v. 44). Dapat tandaan na sa pagtanggap ng talatang ito ng literal ay ang hindi pag-unawa sa nakakatakot na makaHudyong pag-inom ng dugo (cf. Levitico17:10-14). Sa pagtanggap sa kapansin-pansing paghahalintulad sa manna sa ilang (cf. v. 58), at sa paggamit sa mga ito bilang literal na mga talata na may koneksyon sa Eucharistia ay isa manipulasyon sa makasaysayang tagpuan at kontekstong panliteratura para liturhikal na mga layunin.

**6:54 "laman. . .dugo"** Ito ay isang makaHudyong metaporang paraan sa tumutukoy sa buong persona, gaya ng sa, "puso."

**6:55 "tunay na pagkain. . .tunay na inumin"** Ito ay katangi-tanging paggamit ni Juan ng salitang totoo/katotohanan (tignan Natatanging Paksa sa ibaba). Si Juan, na sumusulat ng huli sa ibang NT na mga manunulat, ay nakita pagyabong ng ilang mga kasinungalingan (labis na pagdidiin kay Juan na Tagabautismo, labis na pagdidiin sa mga sakramento, labis na pagdidiin sa makataong karunungan—Gnostisismo).

## NATATANGING PAKSA: "KATOTOHANAN" (ANG KONSEPTO) SA MGA KASULATAN NI JUAN

Sa isang pagtingin si Juan ay isinama ang Hebreong at Griyegong pinanggalingan ng *alētheia* "katotohanan" tulad ng kanyang ginawa sa *logos* (cf. 1:1-14). Sa Hebreong *emeth* (BDB 53) ay nagpapakahulugan ng totoo, o magpagkakatiwalaan (madalas sinasamahan sa Septuagint ng *pisteuō).* Sa Griyego ito ay isinasama sa realidad ni Plato laban sa hindi realidad, makalangit laban sa makamundo. Ito ay tumutugma sa dualism ni Juan. Ang Diyos ay malinaw na nagpahyag (ang etimolohiya ng alētheia ay isiwalat, huwag pagtakpan, malinaw na magpakita) ang Kanyang sarili sa Kanyang Anak. Ito ay naipahayag sa ilang mga kaparaanan.

1. PANGALAN, *alētheia*, katotohanan
   a. Si Hesus ay puno ng biyaya at katotohanan (cf. 1:14,17 – OT tipanan mga salita)
   b. Si Hesus ay ang pokus sa pagsaksi ni Juan na Tagabautismo (cf. 1:32-34; 18:37 – huling OT na propeta
   c. Si Hesus ang nagsasalita ng katotohanan (cf. 8:40,44,45,46 – ang kapahayagan ay proposyonal at personal)
   d. Si Hesus ay ang daan, ang katotohanan, at ang buhay (cf. 14:6)
   e. Si Hesus ang nagpapabanal sa kanila sa katotohanan (cf. 17:17)
   f. Si Hesus (ang *Logos*, 1:1-3) ay katotohanan (cf. 17:17)
2. PANG-URI, *alēthēs*, totoo, mapagkakatiwalaan
   a. Ang pagsaksi ni Hesus (cf. 5:31-32; 7:18; 8:13-14)
   b. Ang paghuhukom ni Hesus (cf. 8:16)
3. PANG-URI, *alēthinus*, tunay
   a. Si Hesus ang tunay na ilaw (cf. 1:9)
   b. Si Hesus ang tunay na tinapay (cf. 6:32)
   c. Si Hesus ang tunay na puno ng ubas (cf. 15:1)
   d. Si Hesus ang tunay na saksi (cf. 19:35)
4. PANG-ABAY, *alēthōs*, napakatunay
   a. Ang pagsaksi ng Samaritana kay Hesus bilang Tagapagligtas ng mundo(cf. 4:42)
   b. Si Hesus ang tunay na pagkain at inumin, bilang pagsalungat sa manna sa panahon ni Moses (cf. 6:55) Ang salitang katotohanan at ang mga sanga nito ay nagpapahayag ng ibang terstimonya ni Hesus, *alēthēs*
   a. Ang testimonya ni Juan na Tagabautismo ay totoo (cf. 10:41)

b. Ang testimonya ni Juan (ang may-akda ng Ebanghelyo) ay totoo (cf. 19:35; 21:24)
c. Nakita si Hesus bilang totoong propeta (cf. 6:14; 7:40)

Para sa isang magandang talakayan patungkol sa katotohanan sa OT at NT tignan George E. Ladd's *A Theology of the New Testament,* pp. 263-269.

**6:56 "nananahan sa akin, at ako'y sa kaniya"** Ang kaparehong katotohanan na ito ay binanggit sa Juan 15:4-7; I Juan 2:6,27,28; 3:6,24, tignan Natatanging Paksa: Pananahan sa I Juan 2:10. Ito ay kasalukuyang pagdidiin sa NT patungkol sa pagpapatuloy na mga banal(cf. Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21, tignan Natatanging Paksa sa 8:31). Ang totoong pagtugon ay napapatunayan ng nagpapatuloy na pagtugon. Ang pagdidiin na ito sa pagpapatuloy ang siyang nawawalang elemento sa Amerikanong ebanghelyong paniniwala. Dapat ang isa ay nagsimula sa pananampalataya, ngunit nagtatapos din sa pananampalataya(Hebreo11). Jonathan Edwards said, "Sure proof of election is that one hold out to the end." W. T. Conner said, "The salvation of a man elected to salvation is from eternity to eternity certain in the mind and purpose of Diyos, yet it is conditioned upon faith, and a faith that perseveres and conquers."

**6:57 "Amang buhay"** Ang talatang ito ay natatangi, ngunit ang konsepto ay madalas na ginagamit sa Bibliya. Mayroong mga ilang magkakaibang paraan upang bigyan pakahulugan ang pinagmulan ng titulong ito ng Diyos.

1. ang pangunahing pangalan ng Tipanang Diyos (cf. Exodo 3:12,14-16; 6:2-3, tignan Natatanging Paksa sa 6:20)
2. mga panunumpa ng Diyos, "hanggang sa Ako'y buhay" o sa ngalan ng Diyos, "habang ang Panginoon ay nabubuhay" (cf. Bilang 14:21,28; Isaias 49:18; Jeremias 4:2)
3. bilang paglalarawan sa Diyos (cf. Awit 42:2; 84:2; Joshua. 3:10; Jeremias 10:10; Daniel 6:20,26; Hos. 1:10; Mateo 16:16; 26:63; Mga Gawa 14:15; Roma 9:26; II Corinto 3:3; 6:16; I Thesalonica 1:9; I Timoteo 3:15; 4:19; Hebreo 3:12; 9:14; 10:21; 12:22; Pahayag 7:2)
4. ang mga pahayag sa Juan 5:26 na ang Ama ay buhay sa Sarili Niya at ibinigay ito sa Anak at 5:21 kung saan ang Ama ay nagbabangon ng mga patay na gaya ng ginagawa ng Anak.

**6:58** Ang paghahalintulad Lumang Tipan at ang Bago, na si Moses at Hesus. (Tignan ang Aklat ng Hebrews, lalo na sa chapters 3, 4).

▣ **"mga magulang na nagsikain, at nangamatay"** Ito marahil ay naglalatag ng teolohikong silbi sa pagpapasubali sa kaligtasan sa pamamagitan ng salinlahi (cf. 8:33-39) o sa pamamagitan ng Mosaik na Batas (Torah).

▣ **"magpakailan man"** Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: MAGPAKAILAN MAN (*'OLAM)*

Ang etimolohiya ng Hebreong salitang '*olam*, { (BDB 761) ay hindi tiyak (NIDOTTE, vol. 3, p. 345). Ito ay ginamit sa ilang mga pakahulugan (kadalasan ay natutukoy sa pamamagitan ng konteksto). Ang mga sumusunod ay mga piniling mga halimbawa lamang.

1. sinaunang mga bagay
   a. mga tao, Genesis 6:4; I Samuel 27:8; Jeremias 5:15; 28:8
   b. mga lugar, Isaias 58:12; 61:4
   c. Diyos, Awit 93:2; Kawikaan 8:23; Isaias 63:16
   d. mga bagay, Genesis 49:26; Job 22:15; Awit 24:7,9; Isaias 46:9
   e. panahon, Deuteronomio 32:7; Isaias 51:9; 63:9,11
2. panghinarap na panahon
   a. ng isang buhay, Exodo 21:6; Deuteronomio 15:17; I Samuel 1:22; 27:12
   b. *hyperbole* para sa hari, I Hari 1:31; Awit 61:7; Nehemia 2:3
   c. nagpapatuloy na pag-iiral
      (1) mundo, Awit 78:69; 104:5; Eccl. 1:4
      (2) kalangitan, Awit 148:6
   d. Ang pag-iiral ng Diyos
      (1) Genesis 21:33
      (2) Exodo 15:18

(3) Deuteronomio 32:40
(4) Awit 93:2
(5) Isaias 40:28
(6) Jeremias 10:10
(7) Daniel 12:7

e. ang kasunduan
(1) Genesis 9:12,16; 17:7,13,19
(2) Exodo 31:16
(3) Leviticus 24:8
(4) Bilang 18:19
(5) II Samuel 23:5
(6) Awit 105:10
(7) Isaias 24:5; 55:3; 61:8
(8) Jeremias 32:40; 50:5

f. natatanging kasunduan kay David
(1) II Samuel 7:13,16,25,29; 22:51; 23:5
(2) I Hari 2:33,45; 9:5
(3) II Cronika 13:5
(4) Awit 18:50; 89:4,28,36,37
(5) Isaias 9:7; 16:5; 37:35; 55:3

g. Ang Mesias ng Diyos
(1) Awit 45:2; 72:17; 89:35-36; 110:4
(2) Isaias 9:6

h. Ang mga batas ng Diyos
(1) Exodo 29:28; 30:21
(2) Levitico 6:18,22; 7:34; 10:15; 24:9
(3) Bilang 18:8,11,19
(4) Awit 119:89,160
(5) Isaias 59:21

i. Ang mga pangako ng Diyos
(1) II Samuel 7:13,16,25; 22:51
(2) I Hari 9:5
(3) Awit 18:50
(4) Isaias 40:8

j. Ang mga lahi ni Abraham at ang Lupang Pinangako
(1) Genesis 13:15; 17:19; 48:4
(2) Exodo 32:13
(3) I Cronika 16:17

k. Tipanang kapistahan
(1) Exodo 12:14,17,24
(2) Levitico 23:14,21,41
(3) Bilang 10:8

l. walang hanggan magpakailanman
(1) I Hari 8:13
(2) Awit 61:7-8; 77:8; 90:2; 103:17; 145:13
(3) Isaias 26:4; 45:17
(4) Daniel 9:24

m. anuman ang sinabi ng Awit na gagawin ng mga mananampataya magpakailanman
(1) magbigay pasasalamat, Awit 30:12; 79:13
(2) Manahan sa Kanyang presensya, Awit 41:12; 61:4,7

(3) magtiwala sa Kanyang awa, Awit 52:8
(4) purihin ang Panginoon, Awit 52:9
(5) umawit ng mga papuri, Awit 61:8; 89:1
(6) idiklara ang Kanyang katarungan, Awit 75:9
(7) dakilain ang Kanyang pangalan, Awit 86:12; 145:2
(8) bless His name, Awit 145:1

3. parehong pabalik at papunta sa panahon ("mula sa magpakailanman hanggan sa magpakailanman")
   a. Awit 41:13 (papuri sa Diyos)
   b. Awit 90:2 (ang Diyos Mismo)
   c. Awit 103:17 (ang mabuting pag-ibig ng Panginoon)

Tandaan, ang konteksto ang nagtutukoy sa kung hanggan saan ang ibig sabihin ng salita. Ang walang hanggang mga tipanan at mga pangako ay kondisyunal (i.e., Jeremiah 7). Maging maingat sa pagbabasa ng makabagong pananaw ng panahon o ang iyong NT na sistematikong teolohiya sa bawat OT na paggamit sa napakalusaw na salita na ito. Ang NT ang nagpapangkalahatan sa mga pangako ng OT.

**6:59** Si Hesus ay isinasagawa ang Judaismo nang Kanyang panahon. Natuto Siya sa paaralan ng sinagoga, Sumamba Siya sa sinagoga, at nagturo Siya sa sinagoga. Nagampanan Niya ang mga inaasahan ng Batas.

Ang mga sinagoga ay talagang nagsimula sa panahon ng pananakop ng Babylonia (B.C. 605-538). Ang mga Hudyo ang nagpasimula ng mga natatanging lugar ng sambahan at nagtuturo sa kung saan mayroong sampung lalakeng Hudyo. Ito naging tagapanatili ng mga kultura at kaugalian ng mga Hudyo. Kapag bumabalik ang mga Hudyo sa Hudasa at sa paglilingkod sa Templo pinanatili nila ang mga local na sentrong ito

Hindi tayo sinabihan sa kabanata 6 kung kalian si Hesus pumasok ng sinagoga sa Capernaum (cf. v. 24).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:60-65

**[60]Marami nga sa kaniyang mga alagad, nang kanilang marinig ito, ay nangagsabi, "Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?" [61]Datapuwa't pagkaalam ni Hesus sa kaniyang sarili na nagbubulongbulungan ang kaniyang mga alagad tungkol dito, sa kanila'y sinabi, "Ito baga'y nakapagpapatisod sa inyo? [62]Ano nga kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng tao sa kinaroroonan niya nang una? [63]Ang espiritu nga ang bumubuhay; sa laman ay walang anomang pinakikinabang: ang mga salitang sinalita ko sa inyo ay pawang espiritu, at pawang buhay. [64]Datapuwa't may ilan sa inyong hindi nagsisisampalataya". Sapagka't talastas na ni Hesus buhat pa nang una kung sino-sino ang hindi nagsisisampalataya, at kung sino ang sa kaniya'y magkakanulo. [65]At sinabi niya, "Dahil dito'y sinabi ko sa inyo, na walang taong makalalapit sa akin, maliban na ipagkaloob sa kaniya ng Ama."**

**6:60 "Marami nga sa kaniyang mga alagad"** Ito ay ang paggamit ng salitang "alagad" ay may malawak na konotasyon. Sa Juan ang salitang ito at "manampalataya" ay ginamit sa parehong (1) mga tubay na tagasunod (v. 68) at (2) pansamatalang mga tagasunod (v. 64, cf. 8:31-47).

▣ **"nangagsabi. . . makaririnig"** Mayroong paglalaro sa salitang "nakaririnig" (*akouō*). Narinig nila ang mga salita ni Hesus, ngunit hindi nila ito naunawaan at umakto para dito. Sa ganitong kalagayan ang Griyego salitang ito ay may tungkulin ng gaya ng sa Hebreo *shema* (cf. Deuteronomio 4:1; 5:1; 6:3,4; 27:9-10).

**6:62** Ito ay hindi kompletong UNANG URI NA KONDISYUNAL NA PANGUNGUSAP walang konlusyon. Ang implekasyon ay Makita nila ito (cf. Mga Gawa 1). Pagkatapos ng kamatayan/muling pagkabuhay/Asensyon at ang pagdating ng Espiritu, marami sa mga katuruan ni Hesus at mga gawa ay nagbibibigay pakahulugan sa mga ito.

▣ **"umaakyat ang Anak ng tao sa kinaroroonan niya nang una"** Ito ay patuloy na pagbibigay diin sa "pagbaba sa lupa mula sa langit" ni Hesus. Ito ay tumatalakay sa Kanyang pre-eksistent na kasama ang Ama sa langit (cf. 17:5,24).

## NATATANGING PAKSA: ANG PAG-AKYAT SA LANGIT

Mayroon ilang mga bilang ng magkakaibang Griyegong mga salita na ginamit upang ilarawan ang asensyon ni Hesus pabalik sa langit.

Mga Gawa 1:2,11,22; *analambanō*, dalhin pataas (cf. I Timoteo 3:16), na siya ring ginamit sa Septuagint ng II Hari 2:9,11 para sa translasyon ni Elijah papunta sa langit at ganun din sa I Maccabeo 2:58

1. Mga Gawa 1:9, *epairō*, hilahin paitaas, buhatin paitaas, iangat

2. Lucas 9:51, *analēpsis* (form of #1)
3. Lucas 24:51, *diistēmi*, umalis
4. Juan 6:62, *anabainō*, umakyat

Ang pangyayaring ito ay hindi nakatala sa Ebanghelyo ng Mateo o sa Marcos. Ang Ebanghelyo ni Marcos ay nagtapos sa 16:8, ngunit isa sa tatlong huling pagdagdag ng eskriba ay naglalarawan sa pangyayari sa 16:19 (i.e., *analambanō*).

**6:63** Ang talatang ito, dahil sa mas malaking konteksto ng kabanata 6, ay maaring mag-ugnay sa magkasalungat sa pagitan ng lumang tipan laban sa bagong tipan, si Moses laban kay Hesus (cf. v. 58; II Corinto 3:6, tignan paghahambing sa dalawang tipan sa aklat ng Hebreo).

▣ **"Ang espiritu nga ang bumubuhay;"** Ito ay isa sa mga talata na parehong ginamit para kay Hesus at sa Espiritu.

1. ang Espiritu ay nagbibigay buhay na tubig (7:38-39)
2. Si Hesus ay ang buhay na tubig (4:10-14)
3. ang Banal na Espiritu ay ang Espiritu ng katotohanan (14:17; 15:26; 16:13)
4. Si Hesus ang katotohanan (14:6)
5. ang Espiritu ay ang paraclete (14:16,26; 15:26; 16:7)
6. at si Hesus ay paraclete (I Juan 2:1) Tignan Natatanging Paksa sa 14:16.

Pansining ang talatang ito na may "espiritu" (*pneuma*) ay ginamit sa dalawang espesyal na mga pakahulugan.

1. ang Banal na Espiritu (cf. 1:32,33; 3:34; 7:39; 14:17; 15:26; 16:13)
2. espiritwal (cf. 4:24; 11:33; 13:21)

sa Juan 3:5,6,8 mahirap itong malaman kung ang ibig sabihin. Bilang si Juan, posibleng pareho.

## NATATANGING PAKSA: ESPIRITU (*PNEUMA*) SA NT

Ang Griyegong salita para sa "espiritu" ay ginamit sa ilang mga pamamaraan sa NT. Narito ang ilang mga kinatawang klasipikasyon at mga halimbawa.

A. ng sa Triune na Diyos
   1. ng sa Ama (cf. Juan 4:24)
   2. ng sa Anak (cf. Roma 8:9-10; II Corinto 3:17; Galacia. 4:6; I Pedro 1:11)
   3. ng sa Banal na Espiritu (cf. Marcos 1:11; Mateo 3:16; 10:20; Juan 3:5,6,8; 7:39; 14:17; Mga Gawa 2:4; 5:9; 8:29,35; Roma 1:4; 8:11,16; I Corinto 2:4,10,11,13,14; 12:7)

B. ng sa pantaong buhay na pwersa
   1. ni Hesus (cf. Marcos 8:12; Juan 11:33,38; 13:21)
   2. ng sangkatauhan (cf. Mateo 22:43; Mga Gawa 7:59; 17:16; 20:22; Roma 1:9; 8:16; I Corinto 2:11; 5:3-5; 7:34; 15:45; 16:18; II Corinto 2:13; 7:13; Filipos 4:23; Colosas 2:5)

C. ng sa espiritwal na kaharian
   1. espiritwal na mga nilalang
      a. mabuti (i.e., mga anghel, cf. Mga Gawa 23:8-9; Hebreo 1:14)
      b. masama (i.e., demonyo, cf. Mateo 8:16; 10:1; 12:43,45; Mga Gawa 5:16; 8:7; 16:16; 19:12-21; Efeso 6:12)
      c. mga multo (cf. Lucas 4:37)
   2. espiritwal pagkakakawari (cf. Mateo 5:3; 26:41; Juan 3:6; 4:23; Mga Gawa 18:25; 19:21; Roma 2:29; 7:6; 8:4,10; 12:11; I Corinto 14:37)
   3. espiritual na mga bagay (cf. Juan 6:63; Roma 2:29; 8:2,5,9,15; 15:27; I Corinto 9:11; 14:12)
   4. espiritual na mga regalo(cf. I Corinto 12:1; 14:1)
   5. inspirasyon ng Espiritu (cf. Mateo 22:43; Lucas 2:27; Efeso 1:17)
   6. espiritwal na katawan(cf. I Corinto 15:44-45)

D. Pagpapakilala
   1. sa saloobin ng mundo (cf. Roma 8:15; 11:8; I Corinto 2:12)
   2. sa proseso ng pag-iisip ng mga tao (cf. Mga Gawa 6:10; Roma 8:6; I Corinto 4:2)

E. sa pisikal na kaharian
   1. hangin (cf. Mateo 7:25,27; Juan 3:8; Mga Gawa 2:2)
   2. paghinga (cf. Mga Gawa 17:25; II Thesalonica 2:8)

Kapansin pansin na ang salitang ito ay dapat na iinterpret ayon sa liwanag ng pinakamalapit na konteksto nito. Mayroong mga ibat-ibang malabong mga kahulugan na maaring tumutukoy sa(1) ang pisikal na mundo; (2) ang di-nakikitang mundo; (3) at ang mga mga persona dito sa pisikal na mundo o sa espirtiwal na kaharian.

Ang Banal na Espiritu ay bahagi ng Triune na Diyos na siyang katas-taasang aktibo sa yugtong ito ng kasayasayan. Ang bagong panahon ng Espiritu ay dumating na. Ang lahat na mabuti, banal, tama, at totoo ay nakaugnay sa Kanya. Ang Kanyang presensya, regalo, at ministeryo ay krusyal sa pagsulong ng ebanghelyo at ang tagumpay ng Kaharian ng Diyos (cf. Juan 14 at 16). Hindi Niya kinuha ang atensyon papunta sa Kanya, ngunit papunta kay Kristo (cf. Juan 16:13-14). Siya ay humahatol, nagkokombinse, nanunuyo, nagbabautismo at nagpapahinog sa lahat ng mananampalataya (cf. Juan 16:8-11).

**6:64** Ang grupong ito ng tila, ngunit huwad na mga tagasunod ay bumaba sa huwad na tagasunod-Hudas (cf. vv. 70-71; 13:11. Mayroong tiyak na misteryo na kasangkot sa mga antas ng paniniwala.

## NATATANGING PAKSA: APOSTASYA(*APHISTĒMI*)O PAGTALIKOD SA PANANAMPALATAYA

Ang Griyego salitang ito *aphistēmi* ay mayroong malawak na semantikong larangan. Gayunpaman, ang Ingles na salita na "apostasya" ay nagmula sa salitang ito at pumipinsala sa pagkakagamit nito sa mga modernong mga mga mambabasa. Ang konteksto, na siyang palagi, ang susi, hindi ang pangkasalukuyang katuringan.

Ito ay tambalang terminn na mula sa preposisyon na apo, na ang ibig sabihin ay "mula sa" o "malayo sa" at histēmi, "umupo," "tumayo,"o "manatili." Pansinin na ang mga sumusunod (hindi panteolohikal) na pagkakagamit:

1. alisin ng pisikal
   a. mula sa Templo, Lucas 2:37
   b. mula sa bahay, Marcos 13:34
   c. mula sa tao, Marcos 12:12; 14:50; Mga Gawa 5:38
   d. mula sa lahat ng mga bagay, Mateo 19:27,29
2. alisin ng politikal, Mga Gawa 5:37
3. alisin ng relasyonal, Mga Gawa 5:38; 15:38; 19:9; 22:29
4. alisin ng legal (diborsyo), Deuteronomio 24:1,3 (LXX ) at NT, Mateo 5:31; 19:7; Marcos 10:4; I Corinto 7:11
5. alisin ang utang, Mateo 18:27
6. ipakita ang hindi pag-aaruga sa pamamagitan ng pag-iwan, Mateo 4:20; Juan 4:28; 16:32
7. ipakita ang pag-aaruga sa pamamagitan ng hindi pag-iwan, Juan 8:29; 14:18
8. bigyan ng pahintulot o permiso, Mateo 13:30; 19:14; Marcos 14:6; Lucas 13:8

Sa isang teolohikong pakahulugan ang PANDIWA ay mayroon ding malawak na pagkakagamit:

1. kanselahin, patawarin, pigilin ang sakit ng kasalanan, Exodo32:32 (LXX); Bilang 14:19; Job 42:10 at NT, Mateo 6:12,14-15; Marcos 11:25-26
2. magpigil mula sa kasalanan, II Timoteo 2:19
3. magpabaya sa pamamagitan ng paglayo mula sa
   a. sa Batas, Mateo 23:23; Mga Gawa 21:21
   b. sa pananampalataya, Ezek. 20:8 (LXX ); Lucas 8:13; II Thesalonica 2:3; I Timoteo 4:1; Hebreo 3:12

Ang mga modernong mananampalataya ay nagtatanong ng maraming teolohikong mga katanungan na ang mga NT na manunulat ay kalian man ay hindi naisip. Ay isa sa mga ito ay maaring maiuugnay sa modernong pagkahilig na paghiwalayin ang pananampalataya sa katapatan.

May mga tao sa Bibliya na naging kasangkot sa mga tao ng Diyos at may mga bagay ang nangyari.

I. Lumang Tipan
   A. Yaong mga nakarinig sa ulat ng labindalawa (sampu) mga espiya, Bilang 14 (cf. Hebreo 3:16-19)
   B. Korah, Bilang 16
   C. mga anak ni Eli, I Samuel 2, 4
   D. Saul, I Samuel 11-31
   E. Mga bulaang Propeta (mg halimbawa)
      1. Deuteronomio 13:1-5 18:19-22 (mga paraan upang malaman ang huwad na propeta)

2. Jeremiah 28
3. Ezekiel 13:1-7

F. Mga bulaang babaeng propeta
1. Ezekiel 13:17
2. Nehemiah 6:14

G. Mga masasamang pinuno ng Israel (mga halimbawa)
1. Jeremiah 5:30-31; 8:1-2; 23:1-4
2. Ezekiel 22:23-31
3. Micah 3:5-12

II. Bagong Tipan

A. Ang Griyego salitang ito ay literal na *apostasize.* Ang Luma at Bagong Tipan ay parehong kinunpirma ang intensipikasyon ng masama at huwad na katuruan bago ang Ikalawang Pagbabalik (cf. Mateo 24:24; Marcos 13:22; Mga Gawa 20:29,30; II Thesalonica 2:9-12; II Timoteo 4:4). Ang Griyego salitang ito ay maaring nagpapakita ng mga salita ni Hesus sa Parabula ng mga Lupa na magtatagpuan sa Mateo 13; Marcos 4; at Lucas 8. Tang mga huwad na guro ay walang duda na hindi Kristyano, ngunit sila ay nagmula sa loob (cf. Mga Gawa 20:29-30; I Juan 2:19); gayunman, sila ay may kakayahan na mang-akit at makuha ang hindi hinog na mga mananampalataya (cf. Hebreo 3:12).

Ang teolohikong katanungan ay kung ang mga huwad na guro ay minsan naging mananampalataya? Napakahirap nitong sagutin sapagkat mayroong mga huwad na guro sa mga lokal na eglisya (cf. I Juan 2:18-19). Madalas an gating teolohikal o denominasyonal na tradisyon ang sumasagot sa katanungang ito na walang kaakibat na particular na mga teksto sa Bibliya (maliban sa patunay na mga teksto na metodolohiya sa pagsisipi ng mga talata na di ayon sa konteksto ang siyang nagpapatunay sa pagkiling ng isang tao).

B. Mga Waring pananampalataya
1. Hudas, Juan 17:12
2. Simon Magnus, Mga Gawa 8
3. Yaong mga binanggit sa Mateo 7:13-23
4. Yaong mga binanggit sa Mateo 13; Marcos 4; Lucas 8
5. Ang mga Hudyo sa Juan 8:31-59
6. Alexander at Hymenaeus, I Timoteo 1:19-20
7. Yaong sa I Timoteo 6:21
8. Hymenaeus at Philetus, II Timoteo 2:16-18
9. Demas, II Timoteo 4:10
10. Mga Huwad na mga Guro, II Pedro 2:19-22; Hudas vv. 12-19
11. mga antikristo, I Juan 2:18-19

C. Walang bungang pananampalataya
1. I Corinto 3:10-15
2. II Pedro 1:8-11

Madalang nating isipin ang mga teksto na ito dahil sa ating mga sistimatikong mga teolohiya (Calvinismo, Arminianismo, etc.) ay nagdidikta sa mandating pagtugon. Pakiusap huwag niyo akong husgahan dahil sa pinalakit ko ang paksa na ito. Ang aking inaalala ay ang nararapat na herminotikal na pamamaraan. Dapat nating hayaan na ang Bibliya ang magsalita sa atin at huwag nating subukang hubugin ito sa nakatakadang teolohiya. Madalas ito ay masakit at nakakagimbal sapagkat an gating teolohiya ay denominasyonal, kultural, or relasyonal (magulang, kaibigan, pastor), hindi biblikal. Ang ilan na nasa Tao ng Diyos ay lumalabas ni hindi Tao ng Diyos (e.g., Roma 9:6).

**6:65** Ito ay nagpapahayag ng kaparehong katotohanan sa v. 44. Ang makasalang sangkatauhan ay hindi hinanap ang Diyos sa sarili nitong pangunguna (cf. Roma 3:9-18 para sa serye ng mga OT na mga sipi na siyang nagdidiin sa pagiging makasalanan at pagrerebelde ng sangkatauhan).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 6:66-71

**66Dahil dito'y marami sa kaniyang mga alagad ay nagsitalikod, at hindi na nagsisama sa kaniya. 67Sinabi nga ni Hesus sa labingdalawa, "Ibig baga ninyong magsialis din naman?" 68Sinagot siya ni Simon Pedro, "Panginoon, kanino kami magsisiparoon? ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan. 69At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala namin na ikaw ang Banal ng Diyos " 70Sinagot sila ni Hesus, "Hindi baga hinirang ko kayong labingdalawa, at ang isa sa inyo ay**

**diablo?" [71]Tinukoy nga niya si Judas na anak ni Simon Iscariote, sapagka't siya ang sa kaniya'y magkakanulo, palibhasa'y isa sa labingdalawa.**

**6:67 "ang labindalawa"** Ito ay ang unang paggamit ni Juan sa panlahatang salita para sa mga Apostol (cf. 6:70,71; 20:24). Tigna Natatanging Paksa sa 6:13.

**6:68 "Sinagot siya ni Simon Pedro"** Si Pedro ay tagapagsalita para sa Labindalawa (cf. Mateo 16:16). Hindi ito nagpapahiwatig na nakita nila siya bilang isang pinuno (cf. Marcos 9:34; Lucas 9:46; 22:24).

▣ **"ikaw ang may mga salita ng buhay na walang hanggan."** Ang Kristyanismo ay parehong (1) katotohanang nasa isang mensahe, "mga salita ng buhay na walang hanggan," at (2) katotohanang naipahayag sa isang persona, Hesus. Ang Ebanghelyo, magkagayun, ay parehong isang mensahe at isang persona. Ang salitang *pistis* ay maaring maiugnay sa parehong (1) sa mensahe (cf. Hudas 3,20) at (2) ang persona (cf. Juan 1:12; 3:15-16). Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

**6:69 "At kami'y nagsisisampalataya at nakikilala"** Ang mga ito ay parehong GANAP NA AKTIBONG PANTUKOY. Ang kaligtasan dito ay nasa GANAP NA PAMANAHUNAN na nangangahulugang nakaraan, humantong na akto ay naging panatag na estado ng pagkatao. Ang tunay na kaligtasan ay nagsasangkot sa lahat ng mga Griyegong PANDIWA NA PAMANAHON. Tignan Natatanging Paksa: Griyegong Pandiwa na Pamanahon na Ginamit para sa Kaligtasan sa 9:7.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NRSV, NJB** | **"ikaw ang Banal ng Diyos"** |
| **NKJV** | **"Ikaw ang Krsito, ang Anak ng Buhay na Diyos"** |
| **TEV** | **"Ikaw ang Nagiisang Banal na dumating mula sa Diyos"** |

Mayroong isang manuskriptong problema sa puntong ito. Ang mas maikling teksto (NASB, NRSV, NJB) ay sinusuportahan ng sinaunang Griyegong manuskripto $P^{75}$, א, B, C*, D, L, at W. Ang mga nahuling eskriba ay kapuna-punang isiningit ang idinagdad na mga salita mula sa pag-aamin ni Martha sa 11:27 o kay Pedro ng Mateo 16:16. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay ng mas maikling teksto na "A" marka (tiyak).

Ang talatang "Nagiisang Banal ng Diyos" ay isang OT makaMesias na titulo. Ito ay ipinapahiwatig sa Lucas 1:35 at Mga Gawa 3:14. Ito ay isang titulo na kung saan ang mga demonyo ay inakibat kay Hesus sa Marcos 1:24; Lucas 4:34. Tignan Natatanging Paksa: sa I Juan 2:20. Ito ay ibang pag aamin ng pananampalataya ng Labindalawa, kagaya ng sa Mateo 16.

**6:70 "Hindi baga hinirang ko kayo…"** Ito ay panibagong pagdidiin sa banal na pagpili sa mga disipulo (cf. vv. 44 and 65). Pansinin ang katanungan niHesus sa v. 67. Ang Banal na pagpili at ang pantaong bolisyon ay dapat na manatili sa biblikal na tensyon. Sila ang dalawang panig ng kasunduang relasyon.

▣ **"at ang isa sa inyo ay diablo"** Anung nakakamamanghang pangungusap! Hindi ito tumutukoy sa isang palawit na disipulo na tumalikod pabalik (cf. v. 66), ngunit isa sa labindalawang piniling apostol na nag-aangkin na may pananampalataya sa Kanya. Marami ang nagdudugtong dito sa 13:2 o 27. Mayroong mga ilang mga katanungan na may kinalaman sa atng pagkakaunawa sa talatang ito: (1) bakit pinili ni Hesus ang diablo? at (2) anu ang ibig sabihin ng salita sa kontekstong ito?

Ang unang katanungan ay may kinalaman sa mahuhulaing propesiya (cf. 17:12; Awit 41:9). Alam ni Hesus kung anu ang gagawin ni Hudas. Si Huda sang sukdulang halimbawa ng kasalanang hindi mapapatawad. Tinanggihan niya si Hesus matapos niyang marinig, makita, at makasama si Hesus ng ilang mga taon.

Ang ikalawang katanungan ay may kinalaman sa mga posibleng mga kahulugan.

1. ang ilang ay inuugnay ito sa diablo (ginamit na walang PANTUKOY para kay Satan sa Mga Gawa 13:10 at Pahayag 20:2) pumasok kay Hudas (cf. 13:2,27)
2. posible ang salitang ito ay pangkalahatang ginamit (walang PANTUKOY gaya ng sa I Timoteo 3:11; II Timoteo 3:3; at Tito 2:3)

Si Hudas ay isang mapagparatang sa OT na pakahulugan, na gaya ni Satanas (tignan Natatanging Paksa sa 12:31). Ang Griyegong salitang ay nagpapahiwatig ng isang maninirang puri o mapaggawa ng kwento. Ang Griyegong salita ito ay tambalan, "ihagis sa bubong."

**6:71 "Simon Iscariote"** Mayroong ilang mga teorya patungkol sa salitang ito (ang salitang ito ay binaybay sa magkakaibang mga ibat-ibang Griyegong manuskripto). Ito ay maaring tumutukoy sa

1. isang tao sa Kerioth, isang bayan sa Judah
2. tao sa Kartan, isang bayan sa Galilee
3. ang balat na supot na ginagamit upang dalhin ang pera
4. ang Hebreong salita pra sa "nagkakabuhol-buhol"
5. ang Griyegong salita para sa patalim na mamatay tao

Kung ang #1 ay totoo siya ang nagiisang Hudasan sa Labindalawa. Kung ang #5 ay totoo siya ang panatikong gaya ni

Simon.

Mayroong kamakailan lamang naisulat na aklat na nagpapakahulgan kay Hudas sa positibong paningin. Ang aklat ay pinamagatang *Judas, Betrayer or Friend of Hesus?* ni William Klassen, Fortress Press, 1996. Ang problema ko dito ay hindi nito tinanggap ang komento ni Juan ng seryoso.

▣ **"magkakanulo"** Ang Griyegong salitang ito ay malawakang isinalin at sa halos lahat na konteksto ito ay walang kinikilingan. Gayunpaman, sa konekesyon sa pagdadala ni Hudas kay Hesus sa mga awtoridad, ito ay nagdadala ng masamang konotasyon. Tignan puna sa 18:2.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Juan 6 ay talakayan ng Huling Hapunan? Bakit at bakit hindi?
2. Ano ang inaangkin ni Hesus ng sabihin Niya na, “"Ako ang Tinapay ng Buhay”?
3. Bakit sinabi ni Hesus ang nakamamanghang pananalita na ito sa maraming tao?

# JUAN 7

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kawalang Pananampa-lataya Ng mga Kapatid ni Hesus | Kawalang Paniniwala ng Mga Kapatid ni Hesus | Si Hesus, Ang Tubig ng Buhay | Si Hesus and at Kanyang Mga Kapatid | Si Hesus ay Papuntang Herusalem para sa Pisa at Nagturo Doon |
| 7:1-9 | 7:1-9 | 7:1-9 | 7:1-9 | 7:1 |
| Si Hesus na nasa Pista of Tabernakulo | Ang Pantas na Galing sa Langit | | Si Hesus na nasa Pista ng mga Silungan | 7:2-9 |
| 7:10-13 | 7:10-24 | 7:10-13 | 7:10-11 | 7:10-13 |
| | | | 7:12-13 | |
| 7:14-24 | | 7:14-18 | 7:14-15 | 7:14-24 |
| | | | 7:16-19 | |
| | | 7:19-24 | | |
| | | | 7:20 | |
| | | | 7:21-24 | |
| Siya ba Ang Kristo? | Maaring Bang Siya na Ang Kristo? | | Siya ba ang Mesias? | Nag-uusap ang mga Tao Tungkol sa Pinagmulan ng Ng Mesias |
| 7:25-31 | 7:25-31 | 7:25-31 | 7:25-27 | 7:25-27 |
| | | | 7:28-29 | 7:28-29 |
| | | | 7:30-31 | 7:30 |
| Ipinadala ang mga Punong Sundalo upang Dakpin si Hesus | Si Hesus at ang mga Lider pang-Relihiyon | | Ipinadala ang mga Bantay Upang Dakpin si Hesus | Hinulaan ni Hesus ang Nalalapit na Paglisan |
| | | | | 7:31-34 |
| 7:32-36 | 7:32-36 | 7:32-36 | 7:32-34 | |
| | | | 7:35-36 | 7:35-36 |
| Mga Ilog ng Buhay na Tubig | Ang Pangako ng Banal na Espiritu | | Daluyan ng Tubig na Nagbibigay-Buhay | Ang Pangako ng Buhay na Tubig |
| 7:37-39 | 7:37-39 | 7:37-39 | 7:37-39 | 7:37-38 |
| | | | | 7:39 |
| Mga Pagkakahati-hati sa Gitna ng mga Tao | Sino Siya? | | Pagkakahati-hati sa Gitna ng mga Tao | Mga Sariwang Pagtuklas ng Pinagmulan ng Mesias |
| 7:40-44 | 7:40-44 | 7:40-44 | 7:40-44 | 7:40-44 |
| Ang Hindi Paniniwala ng nasa Kapangyarihan | Tinanggihan ng mga may Kapangyarihan | | Ang Kawalang Pananam-palataya ng mga Hudyong nasa Kapangyarihan | |
| 7:45-52 | 7:45-52 | 7:45-52 | 7:45 | 7:45-52 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-52

A. Ang tagpo sa mga kabanatang 5 at 6 ay ang Pista ng Paskwa. Ang tagpo sa 7:1 hangang 10:21 ay ang Pista ng mga Tabernakulo (7:2ff).

B. Ang Pista of mga Tabernakulo ay pangunahing pagpapasalamat sa pag-aani (tinatawag na Pista ng Pagtitipon, cf. Exodo 23:16; 34:22). Dito rin sa panahong ito inaaalala ang Karanasan sa Exodo (tinatawag na Pista ng mga Balag, cf. Levitico 23:29-44 and Deuteronomio 16:13-15). Ito ay ginugunita tuwing ika-15 ng Tishri, na ang katumbas sa atin ay huling bahagi ng Setyembre o unang bahagi ng Oktubre.

C. Ang mga kabanatang 7 at 8 ay nagpapakita ng pagkakapoot ng pang-Hudyong institusyon laban sa paglabag ni Hesus sa Sabath (5:16) at ang Kanyang pag-angking Siya ay kaisa kay YHWH (5:18). Pansinin ang dami ng beses na ang mga talata ay binanggit ang kanilang mga pagtatangka na
   1. dakpin Siya, 7:30,32,44; 10:39
   2. patayin Siya, 7:1,19,25; 8:37,40 (at saka 11:53)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 7:1-9

**[1]At pagkatapos ng mga bagay na ito ay naglakad si Hesus sa Galilea: sapagka't ayaw Siyang maglakad sa Judea, dahil sa pinagsisikapan ng mga Hudyo na Siya'y patayin. [2]Malapit na nga ang pista ng mga Hudyo, ang Pista ng mga Balag.**
**[3]Sinabi nga sa Kaniya ng Kaniyang mga kapatid, "Umalis ka rito, at pumaroon ka sa Judea, upang makita naman ng Iyong mga alagad ang mga gawang Iyong ginagawa. [4]Sapagka't walang taong gumagawa ng anomang bagay sa lihim, at nagsisikap *ihayag* ang kaniyang sarili. Kung ginagawa mo ang mga bagay na ito ay pakilala ka sa sanglibutan. [5]Sapagka't**
**kahit ang kaniyang mga kapatid man ay hindi nagsisisampalataya sa kaniya. [6]Sinabi nga sa kanila ni Hesus, "Hindi pa**
**dumarating Ang aking panahon; datapuwa't ang inyong panahon ay laging nahahanda. [7]Hindi mangyayaring kayo'y**
**kapootan ng sanglibutan; nguni't ako'y kinapopootan, sapagka't siya'y Aking pinatototohanang masasama ang kaniyang**
**mga gawa. [8]Mangagsiahon kayo sa pista: Ako'y hindi aahon sa pistang ito; sapagka't hindi pa nagaganap ang Aking**
**panahon." [9]At nang masabi sa kanila ang mga bagay na ito, ay nanahan pa siya sa Galilea.**

**7:1 "At pagkatapos ng mga bagay na ito"** Ito ay isang pampanitikang pamamaraan ng pagpapakilos ng mga ulat, hindi isang pansamantalang tanda lamang (cf. 5:1; 6:1; 7:1; 21:1).

▣ **"pinagsisikapan ng mga Hudyo na Siya'y patayin"** Sa Juan "ang mga Hudyo" ay madalas na mayroong nakakapangambang pagkahulugan (cf. 1:19; 2:18,20; 5:10,15,16; 6:41,52; 7:1,11,13,35; 8:22,52,57; 9:18,22; 10:24,31,33; 11:8; 19:7,12; 20:19). Ang kanilang poot at layuning pagpatay ay nakatala nang maraming beses (cf. 5:16-18; 7:19,30,44; 8:37,40,59; 10:31,33,39; 11:8,53).

**7:2 "pista ng mga Hudyo, ang pista ng mga Balag"** Ito rin ay tinatawag na Pista ng mga Tabernakulo (cf. Levitico 23:34-44; Deuteronomio 16:13-17) dahil tuwing anihan, ang mga taga-nayon ay tumitira sa maliit na silungan sa mga bukid, na nagpapaalaala sa mga Hudyo kanilang karanasan sa Exodo. Ang ritwal at liturhiya ng Pistang ito ay naglalaan ng paghahanda para sa mga pagtuturo ni Hesus sa 7:1-10:21, gaya ng sa Pista ng Paskwa sa mga kabanata 5-6.

**7:3 "Kaniyang mga kapatid"** Ito ang unang pagkabanggit sa pamilya ni Hesus magbuhat pa sa 2:12. Halatang hindi nila nauunawaan ang Kanyang layunin, pamamaraan, o hangarin.

▣ **"Umalis ka rito, at pumaroon ka sa Judea"** Ito ay pumapatungkol sa taunang mga pulutong ng manlalakbay na mula sa Galilea at gumawa ng kanilang paglilibot sa Herusalem. Tandaang ang Ebanghelyo ni Juan ay tumututok sa ministeryo ni Hesus sa Herusalem.

**7:4 "ang kaniyang sarili"** Tingnan sa susunod na Natatanging Paksa.

## NATATANGING PAKSA: PAGIGING MATAPANG (*PARRĒSIA*)

Ang Griyegong salitang ito ay tambalan ng "lahat" (*pan*) at "pagsasalita" (*rhēsis*). Ang pagiging malaya o matapang sa pagsasalita ay kadalasang may pakahulugan ng pagiging matapang sa gitna ng pagsalungat o pagtangi (cf. Juan 7:13; I Thessalonica 2:2).

Sa mga sulat ni Juan (ginamit ng 13 beses) ito ay kadalasang pumapatungkol sa isang pang-madlang pagpapahayag (cf. Juan 7:4, gayundin sa mga sulat ni Pablo, Colosas 2:15). Ngunit, paminsanminsan ito ay nangangahulugang lamang na "pangkaraniwan" (cf. Juan 10:24; 11:14; 16:25,29).

Sa Gawa ng mga Apostol, nagpapahayag ito ng mensahe patungkol kay Hesus sa katulad na kaparaan (na may pagiging matapang) gaya ng pagsasalita ni Hesus patungkol sa Ama at Kanyang mga panukala at mga pangako (cf. Gawa 2:29; 4:13,29,31; 9:27-28; 13:46; 14:3; 18:26; 19:8; 26:26; 28:31). Si Pablo din ay humungi ng panalangin upang siya ay maaaring ipangaral ang Ebanghelyo nang may katapangan (cf. Efeso 6:19; I Thessalonica 2:2) at ipamuhay ang Ebanghelyo (cf. Filipos 1:20).

Ang *eschatological* na pag-asa ni Pablo kay Kristo ay nagbigay sa kanya ng pagiging matapang at pananalig na ipangaral ang Ebanghelyo sa kasalukuyang masamang kapanahunan (cf. II Corinto 3:11-12). Nagkaroon din siya ng pananalig na ang mga taga-sunod ni Hesus ay kikilos nang may-kaangkupan (cf. II Corinto 7:4).

May isa pang aspeto sa salitang ito. Ang mga Hebreo ay gumagamit ng natatanging pang-unawa sa pagiging matapang kay Kristo upang lumapit sa Diyos at makipag-usap sa Kaniya (cf. Hebreo 3:6; 4:16; 10:19,35). Ang mga mananampalataya ay lubos na tatanggapin at sasalubungin sa pakikipag-isa kasama ang Ama sa pamamagitan ng Anak!

Ito ay ginamit sa maraming pagkakataon sa NT.

1. isang pananalig, pagiging matapang, o katiyakan na kaugnayan sa tao
   a. mga tao (cf. Gawa 2:29; 4:13,31; II Corinto 3:12; Efeso 6:19)
   b. Diyos (cf. I Juan 2:28; 3:21; 4:12; 5:14; Hebreo 3:6; 4:16; 10:19)
2. upang magsalita nang hayagan, pangkaraniwan, o walang kalabuan (cf. Marcos 8:32; Juan 7:4,13; 10:24; 11:14; 16:25; Gawa 28:31)
3. upang magsalit sa madla (cf. Juan 7:26; 11:54; 18:20)
4. ang kaugnay na anyo (*parrhēsiazomai*) ay ginagamit upang mangaral ng may katapangan sa gitna ng mga mahirap na kalagayan (cf. Gawa 18:26; 19:8; Efeso 6:20; I Thessalonica 2:2)

Sang-ayon sa konteksto, ito ay pumapatungkol sa isang *eschatological* na pananalig. Ang mga mananampalataya ay hindi natatakot sa Pangalawang Pagparito ni Kristo; tatanggapin nila ito nang may pananalig na kasigasigan dahil sila ay nananaliti kay Kristo at nabubuhay ng mga pamumuhay gaya ng kay Kristo.

▣ **"Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda.

▣ **"pakilala Ka sa sanglibutan"** Kinuha ni Hesus ang kanilang pagkagamit ng salitang "sanglibuhan" sa v. 4 at pinuna ito sa v. 7. Ang sanglibutan ay hindi tumatanggap at umaaayon sa kanya, ngunit sumasalungat (cf. 15:18-19; 17:14; I Juan 3:13) dahil Kanyang inihayag ang kanilang rebelyon at kasalanan (cf. 3:19-20).

Ang pamamaraan ng mga kapatid ni Hesus upang ihayag ni Hesus ang Kanyang sarili (i.e., mga himala) ay ibang-iba sa pamamaraang ni Hesus (ang krus). Dito ay kung saan ang propesiya sa Isaias 55:8-11 ay magkakaroon ng malinaw na pagtingin!

**7:5 "Sapagka't kahit ang Kaniyang mga kapatid man ay hindi nagsisisampalataya sa Kaniya"** Ito ay isa pang-editoryal na pagpuna ng may-akda. May katiyakan na napakahirap tanggapin na si Hesus ay ang Mesias kung ikaw ay lumaki sa katulad na tahanan (cf. Marcos 3:20-21). Si Hesus ang kumalinga sa Kanyang mga lalaki at babaing kapatid sa ina. Ang isa sa kanyang mga pagpapakita pagkatapos ng muling pagkabuhay ay para sa layuning maihayag Niya ang Kanyang sarili sa kanila. Sila ay dumako sa pagsampalataya (cf. Gawa 1:14)! Si Santiago ay naging pinuno ng Iglesiya sa Herusalem. At sina Santiago at Hudas ay kapwa

sumulat ng mga aklat na kasama sa kanon ng NT.

**7:6 "Hindi pa dumarating ang aking panahon"** Ang salitang "panahon" (*kairos*) ay dito lang matatagpuan (dalawang beses) at v. 8 sa Ebanghelyo at mga sulat ni Juan. BAGD ay nagbigay ng tatlong mga kahulugan.

1. – isang panahon ng pagsalubong (i.e., II Corinto 6:2)
   – isang panahon ng magandang pagkakataon (i.e., Lucas 4:13)
   – isang pahahon na hinirang (i.e., Marcos 13:33; Gawa 3:20; I Pedro 1:11)
2. isang nararapat o mabuting panahon
   – nararapat na panahon (i.e., Mateo 24:45; Lucas 1:20)
   – tiyak na panahon (i.e., Juan 7:8; II Timoteo 4:6)
3. isang *eschatological* na panahon (i.e., Lucas 21:8; Roma 13:11; I Thessalonica 5:1; II Thessalonica 2:6) Ang Mga Bilang 2 at 3 ay mayroong semantikong pagpapatong.

Nauunawaan ni Hesus ang Kanyang misyon (cf.12:23; 13:1; 17:1-5). Mayroong pagtatakda ng pahanon ang Diyos para sa mga pangyayari patungkol sa Ebanghelyo upang mailahad (cf. Lucas 22:22; Juan 7:30; 8:20; Gawa 2:23; 3:18; 4:28).

**7:7 "sanglibutan"** Tingnan ang Natatanging Paksa: *Kosmos* sa 14:17.

**7:8**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Mangagsiahon kayo sa pista: Ako'y hindi aahon sa pistang ito"** |
| **NKJV** | **"Kayo ay umahon sa pistang ito. Hindi pa Ko aahon sa pistang ito"** |
| **NRSV, NJB** | **"Pumunta kayo sa pagdiriwang sa inyong mga sarili. Hindi Ako sa pupunta sa pagdiriwang na ito"** |
| **TEV** | **"Pumunta na kayo sa pagdiriwang na ito. Hindi Ako sa pupunta sa pagdiriwang na ito"** |

Maraming mga sinaunang Griyegong kasulatan (א, D, and K) ay hindi nagtataglay ng PANG-ABAY na "gayunman." Ito ay tila isang maagang tangka ng mga manunulat na tanggalin ang malinaw na pagkakasalungatan sa pagitan ng vv. 8 & 10. Ang PANG-ABAY ay kasama sa MSS $P^{66}$, $P^{75}$, B, L, T, and W (NKJV, ang *Twentieth Century New Testament*, NIV).

Ang maikling pahayag na ito ay maaaring maunawaan gaya ng

1. Hindi ako sasama sa inyo (o para sa inyong mga layunin)
2. Ako ay pupunta sa kalagitnaan ng walong araw na pista (upang ipakita sa pamamagitan ng mga sagisag ng pista)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:10-13

**[10]Datapuwa't nang mangakaahon na ang Kaniyang mga kapatid sa pista, saka naman Siya umahon, hindi sa hayag, kundi waring sa lihim. [11]Hinahanap nga Siya ng mga Hudyo sa pista, at kanilang sinasabi, "Saan naroon Siya?" [12]At nagkaroon ng maraming bulongbulungan tungkol sa Kaniya ang karamihan: sinasabi ng ilan, "Siya'y taong mabuti"; sinasabi ng mga iba, "Hindi gayon, kundi iniliiligaw Niya ang karamihan." [13]Gayon man ay walang taong nagsasalita ng hayag tungkol sa Kaniya dahil sa takot sa mga Hudyo.**

**7:11 "ang mga Hudyo"** May mga apat na magkakahiwalay na pangkat sa kabanatang ito ang makikipag-ugnayan kay Hesus.

1. Ang Kanyang mga kapatid
2. "ang Mga Hudyo," na tumutukoy sa mga namumuno sa relihiyon
3. "ang maraming tao," na tumutukoy sa mga manlalakbay na gumagawa ng kanilang daan sa Pista ng mga Tabernakulo
4. "ang mga tao sa Herusalem," mga mamamayan na batid ang Sanhedrin at ang kanilang pakana na pataying si Hesus

**7:12 "nagkaroon ng maraming bulongbulungan tungkol sa Kaniya ang karamihan"** Ito ay karaniwan sa kung anong ginagawa ng Ebanghelyo sa bawat-isang mga tao. Ipinapakita nito ang mga nagkakaibang mga espiritwal na kasanayan at mga antas ng pagkakaunawang nariyan sa loob ng sangkatauhan (cf. 7:40-44).

▣ **"inililigaw Niya ang karamihan"** Ang PANDIWANG *planaō* ay ginamit sa

1. mga bulaang mangangaral (i.e., Mateo 24:11; II Timoteo 3:13; I Juan 1:8; 2:26; 3:7)
2. mga bulaang Kristo (i.e., Mateo 24:4-5,24; sa Juan sa kung anong iniisip ng mga Hudyo kay Hesus (cf. Juan 7:12,47; Mateo 27:63)
3. mga taong dinadaya ang kanilang mga sarili (cf. I Corinto 3:18; I Juan 1:8) o
4. nadaya (cf. I Corinto 6:9; 15:33; Galacia 6:7; Santiago 1:16

Ang salita ay ginamit sa mga planetang hindi sumusunod sa karaniwang orbit ng mga konstelasyon. Sila ay tinatawag na "ang mga lagalag."

**7:13 "ang mga Hudyo"** Ang kabuuan ng maraming mga tao ay mga Hudyo. Maliwanag na ipinapakita nito ang natatanging paggamit ni Juan ng salitang ito na tumutukoy sa mga pang-relihiyong pinuno sa Herusalem. Tingnan ang tala sa 7:1.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:14-18

**[14]Datapuwa't nang ang pista nga'y nasa kalagitnaan na ay umahon si Hesus sa templo, at *nagsimulang* magturo. [15]Nagsipanggilalas nga ang mga Hudyo, na nangagsasabi, "Paanong nakaaalam ang taong ito ng mga karunungan, gayong hindi naman nag-aral kailan man?" [16]Sinagot nga sila ni Hesus, at sinabi, "Ang turo Ko ay hindi Akin, kundi doon sa nagsugo sa Akin. [17]Kung ang sinomang tao ay nag-iibig gumawa ng Kaniyang kalooban, ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Diyos, o *kung* Ako'y nagsasalita na mula sa Aking sarili. [18]Ang nagsasalita ng sa ganang kaniyang sarili'y humahanap ng kaniyang sariling kaluwalhatian: datapuwa't ang humahanap ng kaluwalhatian ng Isang sa Kaniya'y nagsugo, ang gayon ay totoo, at sa Kaniya'y walang kalikuan."**

**7:14 "Datapuwa't nang ang pista nga'y nasa kalagitnaan na"** Ang tumpak na kadahilanan sa paghihintay ni Hesus hangang sa sandaling ito ay hindi tiyak, ngunit ang isa ay maaaring magpanukalata na ito ay nagbibigay ng panahon sa mga manlalakbay at mga tao sa bayan na Siya ay pag-usapan at ang kanyang ministeryo. Ito rin ay nagbibigay ng panahon sa mga Hudyong namumuno na lantarang ihayag ang kanilang mga pagkapoot (cf. v. 13).

▣ **"magturo"** Ang mga nangyaring pagsasalita ni Hesus ay may katangian ng
1. pagtuturo, Mateo 4:23; 5:2,19; 7:29, etc.; Juan 6:59; 7:14,28,35; 8:20,28
2. pangangaral, Lucas 4:18; 7:22; 9:6; 20:1

Tila ang mga ito ay ginamit na may kasingkahulugan upang tumukoy sa pagpapahayag ni Hesus ng mga katotohanan ng Diyos sa Kanyang nilikhang tao. Ang pagpapahayag ay palagiang naglalayong makapagbigay-alam at makapagpabago. Kinakailagan nito ang isang pagpapasya na kasama ang pagbabago sa mga dapat unahin sa pamumuhay. Ang katotohanan ay nakakapagpabago ng lahat ng bagay!

**7:15 "Paanong nakaaalam ang taong ito ng mga karunungan, gayong hindi naman nag-aral kailan man"** Ito ay nangangahulugan lamang na Siya ay hindi nakapasok sa isang opisyal na paaralang rabinikal, ni hindi Siya naging isang alagad ng isa sa mga kilalang mga guro. Ang paggamit ng pariralang "ang taong ito" ay nagpapakita ng kawalang-galang (cf. 18:17,29).

Ang pagtuturo ni Hesus ay kadalasang nakakapagpamangha sa Kanyang mga tagapakinig (cf. Marcos 1:21-22; Lucas 4:22) dahil sa (1) nilalaman at (2) anyo. Ang ibang mga guro ay sumisipi sa kanilang kapwa; Si Hesus ay nag-angking sumipi sa Diyos!

**7:16** Si Hesus muli ay nakatawag-pansin hindi lang sa Kanyang pagsunod (tingnan ang tala sa 5:19) sa Ama, ngunit gayundin sa Kaniyang natatanging kaalaman patungkol sa Ama. Sila ay mayroong mga guro sa lupa; Siya ay mayroong Guro sa langit.

**7:17 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng pagkilos na maaring mangyari o magkatotoo. Ito ang kabalintunaan ng pangkahalatang alok ng Ebanghelyo (cf. 1:12; 3:16) at pagiging mataas ng Diyos (cf. 6:44,65). Ang Espiritu ay kailangang bukas ang puso (cf. 16:8-13).

**7:18** Ipinahayag ni Hesus ang kanyang pagiging walang katulad di tulad ng pagkalugmok ng sangkatauhan: (1) Hindi Siya naghangad ng Kanyang sariling kaluwalhatian; (2) Hinahangad niya ang kaluwalhatian ng Ama; (3) Siya ay katotohanan; at (4) Siya ay hindi nagkasala.

▣ **"ang kaluwalhatian ng Isa"** Tingnan ang tala sa 1:14.

▣ **"sa Kaniya'y walang kalikuan"** Si Hesus ay maaaring mamatay para sa ating kalagayan dahil hindi Niya kailangang mamatay para Kanyang sariling kasalanan (II Corinto 5:21). Ang pagiging walang kasalanan ni Hesus ay isang napakahalagang teolohikal na usapin. Ang usapin ay kadalasang naipapahayag at sa maraming kaparaanan.
1. Lucas 23:41
2. Juan 6:69; 7:18; 8:46; 14:30
3. II Corinto 5:21
4. Hebreo 4:15; 7:26; 9:14
5. I Pedro 1:19; 2:22 (Isaias 53:9)
6. I Juan 2:29; 3:5,7

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:19-24

**[19]"Hindi baga ibinigay sa inyo ni Moises ang Kautusan, at *gayon ma'y* wala sa inyong gumaganap ng Kautusan? Bakit ninyo pinagsisikapang Ako'y patayin?" [20]Sumagot ang karamihan, "Mayroon Kang demonyo! Sino ang nagsisikap**

**na Ikaw ay patayin?" [21]Sumagot si Hesus at sa kanila'y sinabi, "Isang gawa ang Aking ginawa, at kayong lahat ay nagsipanggilalas dahil doon. [22]Ibinigay sa inyo ni Moises ang pagtutuli (hindi sa ito'y kay Moises, kundi sa mga magulang); at tinutuli ninyo sa sabath ang isang lalaki. [23]Kung tinatanggap ng lalaki ang pagtutuli sa sabath, upang huwag labagin ang Kautusan ni Moises; nangagagalit baga kayo sa Akin, dahil sa pinagaling kong lubos ang isang tao sa sabath? [24]Huwag kayong magsihatol ayon sa anyo, kundi magsihatol kayo nang matuwid na paghatol."**

**7:19** Ang kayariang pampanitikan ay inaasahan na "oo" ang sagot.

▣ **"*gayon ma'y* wala sa inyong gumaganap ng Kautusan"** Ito ay tiyak na isang nakakagulat na pahayag sa mga Hudyo na dumalo sa isang pinag-utos na pista sa Herusalem.

Ang kautusan ni Moses ay maliwanag sa pagbabawal ng pinaghandaang pagpatay, datapwat ito mismo ang balak gawin ang mga namumuno. Nalalaman ito ng taong-bayan ngunit hindi nila gustong mahinto ang kanilang mga balak o kahit na magreklamo.

▣ **"Bakit ninyo pinagsisikapang Ako'y patayin"** Ang tanong sa v. 20 ay hindi nanggaling sa mga namumunong pang-relihiyon, ngunit galing sa karamihan ng taong mga naglalakbay na walang nalalaman sa balak ang pagpatay sa Kaniya. Pagkatpos, sa v. 25, nalalaman ng mga tao ng Herusalem ang balak na pagpatay kay Hesus.

Ang mga pinunong pang-relihiyon din ang nagbintang kay Hesus na nasasaniban ng demonyo upang mabigyan ng paliwanag nag Kanyang kapangyarihan at kaalaman (cf. Mateo 9:34; 11:18; 12:24; Marcos 3:22-30; Juan 8:48-52; 10:20-21).

**7:20 "Mayroon Kang demonyo"** Maliwanag ito sa bawat isang nakatagpo kay Hesus na Siya ay may espiritwal na kapangyarihan. Ang tanong ay kung saan galing ang kapangyarihang ito? Ang mga namumunong Hudyo ay hindi maitatanggi ang "mga tanda/mga himala" ni Hesus, kaya kanilang ipinagpalagay ang kapangyarihan kay Satanas at galing sa demonyo (cf. 8:48-49,52; 10:20).

Sa kontekstong ito, ang maraming taong mga manlalakbay na dumadalo sa pista ng mga Tabernakulo ay ginagamit ang katulad na parirala, ngunit sa ibang kahulugan. Kanilang ipinapahayag na si Hesus ay kumikilos sa isang di-makatuwiran, at lubhang nakakatakot ng anyo.

## NATATANGING PAKSA: ANG DEMONYO (MASAMANG ESPIRITU)

A. Ang mga sinaunang tao ay mga *animists*. Kanilang inuugnay ang mga sariling katangiang pantao sa mga puwersa ng kalikasan, mga hayop at likas na mga bagay. Ang buhay ay naipaliwanag sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga espirituwal na nilalang ng sangkatauhan.

B. Ang pagbibigay ng katauhang ito ang naging *polytheism* (maraming diyos). Karamiwang ang mga demonyo (*genii*) ay mga mababang uring diyos o *demigods* (mabuti o masama) na nakaka-apekto sa bawat pamumuhay ng mga tao.
   1. Mesopotamia, ganap na kaguluhan at tunggalian
   2. Ehipto, kaayusan at tungkulin
   3. Canaan, tingna si W. F. Albright sa kanyang *Archaeology and the Religion of Israel*, Ika-5 Edisyon, pp. 67-92

C. Ang OT ay hindi nagtatalakay o nagsusulong ng paksa patungkol sa mga mababang uring diyos, mga anghel, o ang demonyo, marahil ay dahil sa pagiging mahigpit na paniniwala sa iisang Diyos o *monotheism* (cf. Exodo 8:10; 9:14; 15:11; Deuteronomio 4:35,39; 6:4; 33:26; Awit 35:10; 71:19; 86:8; Isaias 46:9; Jeremias 10:6-7; Micah 7:18). Binabanggit nito ang mga bulaang diyos ng mga paganong bansa (Shedim, cf. Deuteronomio 32:17; Awit 106:37) at pinangalanan nito ang ilan.
   1. *Se'im* (mga buktot or mabalahibong demonyo, cf. Levitico 17:7; II Cronika 11:15)
   2. *Lilith* (babae, isang mapanlinlang na demonyo, cf. Isaias 34:14)
   3. *Mavet* (Hebreong salita para sa kamatayan na ginamit para sa diyos ng Canaan sa kalaliman ng lupa, *Mot*, cf. Isaias 28:15,18; Jeremias 9:21; and possibly Deuteronomio 28:22)
   4. *Resheph* (salot, cf. Deuteronomio 32:24; Awit 78:48; Habakuk 3:5)
   5. *Dever* (peste, cf. Awit 91:5-6; Habakuk 3:5)
   6. *Az'azel* (di-tiyak na pangalan, ngunit maaaring isang demonyo sa disyerto o pangalan ng lugar, cf. Levitico 16:8,10,26) (Ang mga halimbawang ito ay kinuha mula sa *Encyclopaedia Judaica*, tomo 5, p. 1523.)

   Datapwat, walang dualismo o pagsasariling maka-anghel mula kay YHWH ang matatagpuan sa OT. Si satanas ay isang alipin ni YHWH (cf. Job 1-2; Zecharias 3), hindi isang nagsasariling kaaway na may pansariling pamamahala (cf. A. B. Davidson, *A Theology of the Old Testament*, pp. 300-306).

D. Ang Judaismo ay lumago sa panahon ng pagpapatapon sa Babilonya (586-538 B.C.). Ito ay nahikayat sa teolohiya ng mga Persyanong kinakatawang dualismo ng Zoroastrianismo, isang mabuting mataas na diyos na si Mazda o Ormazd at ang masamang katunggaling si Ahriman. Pinahintulutan nito sa loob ng Judaismo pagkatapos ng

pagpapatapon ang kinakatawang dualismo sa pagitan ni YHWH at Kanyang mga anghel at si Satanas at ang kanyang mga anghel o mga demonyo.

Ang teolohiya ng Judaismo ng kinatawang kasamaan ay ipinaliwanag at mahusay na itinala ni Alfred Edersheim sa kanyang *The Life and Times of Hesus the Messiah*, tomo 2, dahong-dagdag XIII (pp. 749-863) at XVI (pp. 770-776). Ang Judaismo ay kinakatawan ang kasalanan sa tatlong mga kaparaanan.

1. Satanas o Sammael
2. ang masamang hangarin (yetzer hara) sa loob ng sangkatauhan
3. ang Anghel ng Kamatayan

Pinapakilala nito ni Edersheim bilang (1) ang Tagapagsumbong; (2) ang Tagapagtukso; and (3) ang Tagapagparusa (tomo 2, p. 756). Ito ay isang tinandaang pagkakaiba sa teolohiya sa pagitan ng Judaismo pagkatapos ng pagpapatapon at ng pagpapakilala ng at pagpapaliwanag ng kasalanan sa NT.

E. Ang NT, lalo na sa mga Ebanghelyo, ay binibigyang-diin ang pag-iral at pagsalungat ng mga masasamang Espirituwal na nilalang sa sangkatauhan at kay YHWH (sa Judaismo, si Satanas ay isang kaaway ng sangkatauhan, ngunit hindi sa Diyos). Sinasalungat nila ang kalooban, pamumuno, at kaharian ng Diyos.

Hinarap at pinalayas ni Hesus ang mga demonyong nilalang, tinatawag ding (1) mga karumal-dumal na espiritu (cf. Lucas 4:36; 6:18) o (2) mga masasamang Espiritu (cf. Lucas 7:21; 8:2), na galing sa mga tao. Si Hesus ay maliwanag ang ginawang kaibahan sa pagitan pagkakasakit (pisikal at mental) at ang demonyo. Ipinahayag Niya ang Kanyang kapangyarihan at espirituwal na kaunawaan sa pamamagitan ng pagkakilala at pagpapaalis sa mga masasamang espiritu. Kadalasang nilang nakikilala Siya at nagtatangkang kausapin Siya, ngunit itinakwil ni Hesus ang kanilang patotoo, inutusang manahimik, at pinalayas. Ang mga pagpapalayas ng demonyo ay isang tanda ng pagkatalo ng kaharian ni Satanas.

May nakakakagulat na kakulangan ng kaalaman sa mga sulat ng mga Apostol sa NT sa paksang ito. Ang pagpapalayas ng demonyo ay hindi kailanman nakatala bilang isa sa espirituwal na kaloob, o isa sa kaparaanan o tuntuning ipagkakaloob sa mga susunod na mga salinlahi ng mga mangangaral o mga mananampalataya.

F. Ang kasamaan ay totoo; ang kasamaan ay personal; ang kasamaan ay umiiral. Maging ang kanyang simula o ang kanyang layunin ay hindi naihayag. Ang Bibliya ay nagpapahayag ng kanyang katunayan at tahasang tinututulan ang kanyang impluwensya. Walang tunay na dualismo sa katotohanan. Ang Diyos ay nakapangyayari nang lubusan; ang kasamaan ay talunan at nahatulan na at tatanggalin sa mga linikha.

G. Kailangang labanan ng mga tao ng Diyos ang kasamaan (cf. Santiago 4:7). Hindi dapat sila supilin nito (cf. I Juan 5:18), ngunit maaari silang matukso at ang kanilang patotoo and impluwensiya ay mapinsala (cf. Efeso 6:10-18). Ang kasamaan ay isang hayag na bahagi ng pangmundong pananaw ng mga Kristiyano. Ang makabagong Kristiyano ay walang karapatang baguhin ang kahulugan ng kasamaan (ang *demythologizing* ni Rudolf Baltmann); gawing hindi personal ang kasamaan (ang panlipunang kayarian in Pablo Tillich), o tangkaing ipaliwanag nang lubusan sa pamamagitan ng mga salitang sikolohikal (Sigmund Freud). Ang kanyang impluwensya ay mapanghikayat, ngunit talunan. Ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa tagumpay ni Kristo!

**7:22**
**NASB, NKJV "(hindi sa ito'y kay Moises, kundi sa mga magulang)"**
**NRSV "(ito ay, talagang, hindi galing kay Moses, ngunit galing sa mga Patriarka)"**
**TEV "(bagamat ito ay hindi kay Moises ngunit ang inyong mga ninuno ang nagsimula nito"**
**NJB "—hindi sa ito ay nagsimula sa kanya, ito ay maibabalik sa mga patriarka—"**

Ang seremonya ng pagtutuli ay hindi nagsimula sa mga Kautusan ni Moises (cf. Exodo 12:48; Levitico 12:3), ngunit ito ay binigay kay Abraham bilang isang tanda ng natatanging kasunduan kay YHWH (cf. Genesis 17:9-14; 21:4; 34:22).

▣ **"at tinutuli ninyo *sa* sabath ang isang lalaki"** Ang diwa ng pangangatuwiran ni Hesus ay ang kanilang pagpayag na ipag-isangtabi ang mga patakaran ng Sabath para matuli ang isang sanggol (cf. *Shab* 132a; *Sabh*. 18:3; 19:1-6), ngunit hindi pagpayag na ipag-isangtabi ang mga patakaran ng Sabath upang a isang tao ay gumaling. Ito ay mahalagang mapagtanto na si Hesus ay gumagamit ng katuwiran at mga anyong pangkaisipan ng Rabinikal na Judaismo sa lahat ng dako ng bahaging ito.

**7:23 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng manunulat o para sa kanyang mga pampanitikang layunin.

▣ **"nangagagalit baga kayo sa Akin, dahil sa pinagaling kong lubos ang isang tao *sa* sabath?"** Ito ay tumutukoy sa alinman sa pagpapagaling ni Hesus na naitala sa 5:1-9 o isang hindi naitala sa panahon ng Pista.

Ang Griyegong salitang "galit" (*cholaō*) ay isang bihirang salitang matatangpuan lamang dito sa NT. Ito ay madalang na matatagpuan sa lahat ng panitikang Griyego (BAGD, p. 883 and MM, p. 689). Ito ay may kaugnayan sa salitang "apdo" (*cholē*, cf. Mateo 27:34). Ang dahilan ng paggamit ni Hesus ng salitang ito (i.e., kanyang pakahulugan) ay hindi tiyak. Ito ay

mangahulugan ng "pagkagalit ng Diyos" na ang pagkaunawa ay kanilang iniisip na ipagtanggol ang kalooban ng Diyos at mga kautusan ng Diyos, na linalabag ni Hesus.

**7:24 "Huwag kayong magsihatol ayon sa anyo, kundi magsihatol kayo nang matuwid na paghatol"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA, na nangangahulugang ng paghinto ng isang pagkilos na nagpapatuloy. Ito ay sinusundan ng isang AORIST NA PAUTOS, na nagpapahiwatig ng pagmamadali. Ito ay maaring isang pagkabanggit sa Isaias 11:3.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:25-31

**[25]Sinabi nga ng ilang taga Herusalem, "Hindi baga ang taong ito ang kanilang pinagsisikapang patayin? [26]At narito,
Siya'y hayag na nagsasalita, at walang anomang sinasabi sila sa Kaniya. Napagkikilala kayang tunay ng mga pinuno na ito
ang Kristo? [27]Gayon man ay nakikilala namin ang taong ito kung taga saan siya: datapuwa't pagparito ng Kristo, sinoma'y
walang makakaalam kung taga saan siya." [28]Sumigaw nga si Hesus sa templo, na nagtuturo at sinasabi, "Ako'y inyong
nakikilala at nalalaman din naman ninyo kung taga saan ako; at hindi Ako naparito sa Aking sarili, datapuwa't ang
nagsugo sa Akin ay tunay, na hindi ninyo nakikilala. [29]Siya'y nakikilala Ko; sapagka't Ako'y mula sa Kaniya, at Siya ang
nagsugo sa Akin." [30]Pinagsisikapan nga nilang Siya'y hulihin: at walang taong sumunggab sa Kaniya, sapagka't hindi pa
dumarating ang Kaniyang oras. [31]Datapuwa't sa karamihan ay marami ang nagsisampalataya sa Kaniya; at kanilang
sinasabi, Pagparito ng Kristo, ay gagawa pa baga Siya ng lalong maraming tanda kay sa mga ginawa ng taong ito?**

**7:25 "Hindi baga ang taong ito ang kanilang pinagsisikapang patayin"** Ang anyong pang-barirala ng katanungang ito ay inaasahang isang "oo" na kasagutan (cf. 5:47;7:19). Ito ay una sa mga magkakasunod na tanong hangang v. 36.

**7:26**
**NASB, REV,**
**NET "Siya'y hayag na nagsasalita"**
**NKJV "Siya'y nagsasalita ng may katapangan"**
**NRSV, NJB "siya ay nagsasalita nang lantaran"**

Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagiging Matapang (*parrhēsia*) sa 7:4.

▣
**NASB "Napagkikilala kayang tunay ng mga pinuno na ito ang Kristo"**
**NKJV "Nakikilala ban ng mga namumuno na talagang ito ang tunay na Kristo"**
**NRSV "Maari kayang ang mga nasa kapangyarihan ay tunay na nakikilala na siya ang Mesias"**
**TEV "Maari bang talagang kilala nila na siya ang Mesias"**
**NJB "Maari bang totoo na ang mga nasa kapangyarihan ay nakilala na siya nga ang Kristo"**

Ang kayariang pangbariralang ito ay umaasa ng isang "hindi" na kasagutan. Ngunit, ito ay nagpapahiwatig na maaaring mangyari (cf. 1:31; 4:29).

**7:27 "Gayon man ay nakikilala namin ang taong ito kung taga saan siya: datapuwa't pagparito ng Kristo, sinoma'y walang makakaalam kung taga saan siya"** Ito ay pumapatungkol sa isang rabinikal na tradisyon ng Mesias na nakabatay sa Mal. 3:1 na ang Mesias ay magpapakita ng biglaan sa templo. Ito ay matatagpuan sa I Enoch 48:6 at IV Ezras 13:51-52.

**7:28** Sa talatang ito, si Hesus ay nagbigay ng dalawang mga pahayag.

1. na ang Diyos ang nagsugo sa Kanya (cf. 3:17,34; 5:36,38; 6:29; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42; 17:3,18,21,23,25; 20:21)
2. na hindi nila kilala ang Diyos (cf. 5:37,42; 8:19,27,54-55; 16:3)

Tinala ni Juan na si Hesus ay "umiyak" (cf. 7:37; 12:44; Mateo 8:29). Itinaas ni Hesus ang kanyang tinig upang marinig. Sa isang pagkakaunawa, ito ay gumaganap sa isang pampanitikang pagkaunawa tulad ng paggamit ni Hesus ng katagang "Amen" o "Amen, Amen." Nais niyang bigyang-diin ang mga kabalintunaang pahayag na ito. Ang talata 29 ay nagpapakita ng suliranin! Kanilang iniisip na Siya ay galing sa Galilea (cf. v. 41), ngunit ang katotohanan, Siya ay galing sa kalangitan!

▣ **"ang nagsugo sa Akin ay tunay"** Ang Ama ay katotohanan (cf. 3:33; 8:26; I Juan 5:20) at gayundin ang Anak (cf. 7:18; 8:16). Tingnan sa Natatanging Paksa sa 6:55.

**7:29 "Siya'y nakikilala Ko, sapagka't Ako'y mula sa Kaniya, at Siya ang nagsugo sa Akin"** Ito ay isa pang halimbawa ng isang patayong dualismo sa Juan. Ang pahayag na ito ay itinuturing na kalapastanganan sa Diyos ayon sa mga namumunong Hudyo at tiniyak ang kanilang pangangailangang patayin si Hesus. Tingnan sa Natatanging Paksa: Isinugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**7:30 "Pinagsisikapan nga nilang Siya'y hulihin"** Ito ay isang PANDIWANG DI-GANAP NA PAMANAHON na nagpapahiwatig na (1) sila ay nagsimula nang maghanap upang Siya ay hulihin o (2) sinubukan nilang paulit-ulit sa siya ay dakpin ngunit hindi nila gustong pagsimulan ng kaguluhan sa gitna ng mga manlalakbay na naniniwala sa Kanya bilang Mesias.

▣ **"sapagka't hindi pa dumarating ang Kaniyang oras"** Ito ay isang umuulit na wikain ng mga propeta na nagpapahayag ng isang kapanahunan ng Diyos (cf. 2:4; 7:6,30; 8:20; 12:23,27; 13:1; 17:1).

**7:31 "Datapuwa't sa karamihan ay marami ang nagsisampalataya sa Kaniya"** Ito ay isang totoong pananampalataya kay Hesus bagaman puno ng mga maling pagpapalagay patungkol sa Kanyang gawain bilang Mesias. Walang mayroong "ganap" na pananampalataya (cf. Noah, Abraham, Moses, David, ang Labing-dalawa). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:23.

Ito ay kadalasang nangyayari sa tuwing ang Ebanghelyo ay ipinapangaral. Ang ilan ay sumasampalataya, ang ilan ay nagduruda, at ilan ay nagagalit. Nandito ang pagtatagpo ng hiwaga ng

1. pagkahirang ng Diyos
2. pagkamakasalaan ng tao

Mayroong hiwaga dito. Palagian kong ikinabibigla ang kawalan ng pananampalataya sa gitna ng labis na liwanag. Ito marahil ang pinagmulan ng mga salita ni Hesus patungkol sa pagtatakda ng mga kasapi ng pamilya laban sa isa't isa. Ang Ebanghelyo ay nagdadala ng kapayapaan sa ilan at hindi pagkakasundo sa iba!

▣ **"Pagparito ng Kristo, ay gagawa pa baga Siya ng lalong maraming tanda kay sa mga ginawa ng taong ito"** Ang Griyegong anyong pangbarirala ay inaasahan ang "hindi" bilang sagot.

Sa *A Theology of the New Testament,* si George E. Ladd ay may nakakawiling puna sa paggamit ng "mga tanda" upang makahimok sa pananampalataya kay Hesus:

> "Ang pag-usisa sa kaugnayan ng mga tanda sa pananampalataya ay hindi madali, dahil ang mga tala ay tila tumitingin sa dalawang magkaibang mga dako. Minsan, ang mga tanda ay itinakda upang pamamatnubay sa pananampalataya kay Hesus (2:23; 6:14; 7:31; 10:42). Sa kabilang banda, may mga nagmalas ng mga tanda ngunit hindi nanampalataya (6:27; 11:47; 12:37). Bukod pa rito, may panahon na sinaway ni Hesus ang mga Hudyo dahil hindi sila mananampalataya maliban na sila ay makasaksi ng mga tanda (4:48; 6:30). Ang kasagutan ay dapat na matagpuan sa uri ng pagpapalawig sa pagitan ng mga tanda at pananampalataya. Nangangailangan ito ng pananampalataya upang makilala ang totoong kahulugan ng mga tanda at kanilang patotoo para kay Hesus; sa kanilang walang pananampalataya, ang mga tanda ay mistulang mga himalang walang kahulugan. Sa kanila na tumugon, ang mga tanda ay pamamaraan ng pagpapatunay ang pagpapalalim ng pananampalataya. Maliwanag na ang mga tanda ni Hesus ay hindi itinakda upang ipilit ang pananampalataya. Sa kabilang banda, ang mga gawain ni Hesus ay sapat na patotoo sa kanilang nakakakita ng mga mga nangyayari sa Kanyang. Ang mga gawa ni Hesus ay magsisilbing isang pamamaraan ng pagpaparusa at pagpapatunay ng pagkabulag ng tao sa kanilang pagiging makasalanan" (p. 274).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:32-36

**32Nangarinig ng mga Fariseo ang bulongbulungan ng karamihan tungkol sa Kaniya; at nangagsugo ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo ng mga punong kawal upang Siya'y hulihin. 33Sinabi nga ni Hesus, "Makikisama pa Ako sa inyong sangdaling panahon, at Ako'y paroroon sa nagsugo sa Akin. 34Hahanapin ninyo Ako, at hindi Ako masusumpungan: at kung saan Ako naroroon, ay hindi kayo makaparoroon." 35Ang mga Hudyo nga'y nangagsangusapan, "Saan paroroon ang taong ito na hindi natin Siya masusumpungan? Siya kaya'y paroroon sa nagsisipangalat sa gitna ng mga Griyego, at magtuturo sa mga Griyego? 36Ano ang salitang ito na kaniyang sinabi, 'Hahanapin ninyo Ako, at hindi ninyo ako masusumpungan; at kung saan Ako naroroon, ay hindi kayo makaparoroon'?"**

**7:32 "ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo"** Ito ay tumutukoy sa mga kabilang sa Sanhedrin (tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:1). May iisa lamang ng punong saserdote, subalit magmulang manakop ang Romano, ang tanggapan ay naging kaakit-akit pampulitika na ipinangangalakal para sa maraming mga mayayamang Hudyong pamilya at ipinapasa mula sa isang kabilang sa pamilya para sa iba pang miyembro ng pamiliya.

▣ **"nangangsugo ng mga punong kawal upang Siya'y hulihin"** Ito ay tumutukoy sa mga "Tagapagbantay ng Templo" na naging mga Levita. Mayroon silang limitadong kapangyarihan sa labas ng lugar ng Templo (cf. 7:45,46; 18:3,12,18,22).

**7:33 "Makikisama pa Ako sa inyong sangdaling panahon"** Ito ay isang pangkaraniwang parirala ni Juan (cf. 12:35; 13:33; 14:19; 16:16-19). Nakikilala ni Hesus ang Kanyang sarili, ang maaaring mangyari sa Kanya at kung kalian (cf. 12:23; 13:1; 17:1-5).

▣ **"Ako'y paroroon sa nagsugo sa Akin"** Ito ay pumapatungkol sa pagtatapos ng mga pangyayari sa misyong ni Hesus sa katubusan: ang pagpapapako sa krus, ang pagkabuhay na muli, ang pag-akyat sa langit, at ang pagpapanumbalik ng kaluwalhatian bago pa ang pagkakatawang-tao (cf. 17:1-5; Gawa 1).

**7:34** Ang pananalitang ito ay lubhang katulad sa pakikipagtalakayan ni Hesus sa kanyang mga alagad sa itaas na silid (13:33; cf. 7:36 and 8:21). Subalit, dito ito ay pumapatungkol sa mga di-mananampalataya (i.e., ang karamihan ng tao, ang mga taga-Herusalem, at ang mga Hudyong namumuno).

**7:35-36 "Siya kaya'y paroroon sa nagsisipangalat sa gitna ng mga Griyego, at magtuturo sa mga Griyego"** Ang Griyegong pagkagawa na pang-balirala ay inaasahan ang isang "hindi" na kasagutan. Ito ay isa pang paggamit ng kabalintunaan. Ito ang palaging kalooban ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Isaias 2:2-4). Sa panahon ng Pista ng mga Tabernakulo, pitumpung mga toro ang inalay para sa mga bansa ng daigdig. Ang mga Hudyo ay may pananagutang manalangin at magdala ng liwanag sa mga Hentil. Ito ang maaaring salamin ng pang-kulturang tagpo ng mga pahayag na ito. Ang salitang "mga Griyego" ay ginamit sa pagkaunawa ng "mga Hentil." Ang salitang *disperia* ay tumutukoy sa mga Hudyong naninirahan sa Hentil na mga lupain (cf. Santiago 1:1; I Pedro 1:1). Ito ay isa pang halimbawa ng di-pagkakaunawa ng karamihan ng tao sa matalinghagang pananalita ni Hesus.

Ito ay isa pang halimbawa ng pataas ng dualismo ni Hesus. Hindi Siya naunawaan ng karamihan ng tao dahil inakala nilang ang Kanyang mga pahayag ay literal sa halip na "mataas" at "mababang" mga uri ng Kanyang mga katuruan. Siya ay galing sa Ama at babalik sa Ama.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:37-39

**[37]Nang huling araw nga, na dakilang araw ng pista, si Hesus ay tumayo at sumigaw, na nagsasabi, "Kung ang sinomang tao'y nauuhaw, ay pumarito siya sa Akin, at uminom. [38]Ang sumasampalataya sa Akin, gaya ng sinasabi ng kasulatan, 'mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay.'" [39]Nguni't ito'y sinalita Niya tungkol sa Espiritu, na tatanggapin ng mga magsisisampalataya sa Kaniya: sapagka't hindi pa ipinagkakaloob ang Espiritu; sapagka't si Hesus ay hindi pa niluluwalhati.**

**7:37 "Nang huling araw nga, na dakilang *araw* ng pista"** May ilang katanungan kung ito ay pitong-araw na Pista (cf. Deuteronomio 16:13), o walong-araw na Pista (cf. Levitico 23:36; Nehemia 8:17; II Maccabeo 10:60, and Josephus). Tila noong kapanahunan ni Hesus ito ay isang walong-araw na pista, datapwat, sa huling araw, hindi kinuha ang tubig mula sa dagatdagatan ng Siloam at ibinuhos sa tuntungan ng altar tulad ng ginawa sa ibang pitong mga araw. Ating natutunan ang seremonya mula sa Tractate Sukkah ng Talmud, na sinipi ang Isaias 12:3 . Ito ay maaaring isang ipinapalagay na panalangin upang umulan para sa mga pananim.

▣ **"Kung"** Ito ay IKATLONG-URING MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

▣ **"ang sinomang tao'y nauuhaw"** Ang pangkalahatang paanyaya sa pananampalataya kay Hesus! Tingnan sa tala at 7:17

▣ **"pumarito siya sa Akin, at uminom"** Si Hesus ay gumagamit ng katulad na talinghaga sa 4:13-15. Maaari itong tumukoy kay Hesus bilang ang Batong Mesias na nagkakaloob ng tubig (cf. I Corinto 10:4). Ito ay maliwanag na kaugnay sa paanyaya sa OT ng Isaias 55:1-3 at ang pagkakataong pang-kultura ng simbolikong pagbuhos ng tubig sa habang may Pista.

May ilang mga sinaunang kasulatang Griyego ay linaktawan ang "sa akin" (cf. MSS $P^{66}$, $\aleph^{*}$, and D). Ito ay inilakip sa $P^{66c}$, $P^{75}$, $\aleph^{c}$, L, T, W, at ito ay kasama ayon sa konteksto. Ang $UBS^{4}$ ay nagbibigay ng "B" (halos tiyak) na antas para sa pagkalakip nito. Sa Juan, ang mga tao ay inuudyukan na magtiwala sa Kanya. Ang Ebanghelyo ay mayroong personal na pagtuon.

**7:38 "Ang sumasampalataya sa Akin"** Pansinin na ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAMANAHON. Ipinapakita nito ang isang pagbibigay-diin sa nagpapatuloy na personal na ugnayang kaakibat ang pananampalataya tulad sa "pananatili" ng Juan 15. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga ginamit ng mga Pamanahon ng Griyegong Pandiwa sa 9:7.

▣ **"gaya ng sinasabi ng Kasulatan"** Mahirap malaman ang tiyak na talata sa Kasulataan sa siping ito. Ito'y maaaring sa Isaias 12:3; 43:19-20; 44:3; 58:11; Ezekiel 47:1; Joel 3:18; Zacarias 13:1; o 14:8, na tumutukoy na patalinghaga sa *eschatological* na tubig bilang isang sagisag ng pag-iral ng Diyos. Sa kalagayang ito, ang ipinangakong tubig ng bagong panahon ng pagpapala sa pagsasaka ay binago para sa talinghaga ng pangloob na kalikasan ng bagong tipan. Ang Espiritu ay kikilos sa puso at sa isipan (cf. Ezekiel 36:27-38).

▣ **"mula sa loob niya ay aagos ang mga ilog ng tubig na buhay"** Maraming ang mga teoriya para sa pinatutungkulan ng PANGHALIP.

1. Mismong si Hesus (cf. ang mga unang ama ng Iglesiya)

2. ang bawat mga mananampalataya na nagtiwala kay Kristo
3. Herusalem. Sa Aramaiko, "sa kanya (panlalake)" ay maaring mangahulugang "sa kanya (pambabae)" at maaaring tumukoy sa lungsod (ito ang panindigan ng mga rabi, cf. Ezekiel 47:1-12 and Zacarias 14:8)

May mahusay na maikli at pinagaang pagtalakay ng dalawang mga teoriya ayon sa kung paano tinuldikan ang vv. 37b and 38a sa NIDOTTE, tomo 1, p. 683.

Tiwanag ni Hesus ang Kanyang sarili na tubig na buhay (cf. 4:10). Ngayon sa konteksto ito, ito ay ang Banal na Espiritu (cf. v. 39) na naglalaan at gumagawa ng buhay na tubig sa mga taga-sunod ni Hesus. Ito ay kagaya ng gawain ng Espiritu sa paghubog ng mananampalataya kay Kristo (cf. Roma 8:29; Galacia 4:19; Efeso 4:13).

**7:39 "hindi pa ipinagkakaloob ang Espiritu; sapagka't si Hesus ay hindi pa niluluwalhati"** Maliwanag na ito ay sumasalamin sa huling kaisipan ni Juan (i.e., isang pagpunang editoryal) sa kahalagahan ng talata (cf. 16:7). Ito rin ay nagpapakita ng kahalagahan ng Kalbaryo at Pentecostes na kapwa itinuring bilang isang "kaluwalhatian" (cf. Juan 3:14; 12:16,23; 17:1,5). Maraming pagkakaiba sa pagkakasulat na nagtatangkang ipaliwanag ang pakahulugan ni Juan sa maikling talata.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:40-44

**[40]*Ang ilan* nga sa karamihan, nang marinig ang mga salitang ito, ay nangagsabi, "Tunay na ito ang propeta." [41]Sinasabi ng mga iba, "Ito nga ang Kristo." Datapuwa't sinasabi ng ilan, "Ano, sa Galilea baga manggagaling ang Kristo? [42]Hindi baga sinabi ng Kasulatan na ang Kristo ay manggagaling sa lahi ni David, at mula sa Betlehem, ang nayong kinaroonan ni David?" [43]Kaya nangyaring nagkaroon ng pagkakabahabahagi sa karamihan dahil sa kaniya. [44]At ibig ng ilan sa kanila na siya'y hulihin; datapuwa't walang taong sumunggab sa kaniya.**

**7:40 "Tunay na ito ang propeta"** Ito ay isang pagkabangit sa pangakong pang-Mesias ni Moises na matatagpuan sa Deuteronomio 18:15,18. Marami ang kumikilala kay Hesus bilang isang propeta (cf. 4:19; 6:14; 9:17; Mateo 21:11). Kinalala nila ang kapangyarihan ni Hesus, ngunit hindi naunawaan ang Kanyang persona at gawain. Ang Islam ay ginagamit din ang katawagang ito kay, ngunit hindi nauunawaan ang Kanyang mensahe.

**7:41 "Sinasabi ng mga iba, 'Ito nga ang Kristo'"** Ipinapakita nito na ang salitang "Kristo" ay katumbas sa Hebreo ng salitang "Mesias," na nangangahulugang "ang isang pinahiran ng langis." Sa OT, ang mga hari, saserdote, at mga propeta ay pinapahiran ng langis bilang tanda ng panawagan at pagpapalakas ng Diyos. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pagpapahid ng Langis sa Bibliya sa 11:2.

▣ **"Datapuwa't sinasabi ng ilan, 'Ano, sa Galilea baga manggagaling ang Kristo'"** Ang Griyegong kayariang pang-balarila ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot sa tanong. Ngunit paano ang sa Isaias 9:1?

**7:42** Ang kayariang pang-balarila ng tanong na ito ay inaasahan ang isang "oo" na sagot.

▣ **"lahi ni David"** (cf. II Samuel 7; Mateo 21:9; 22:42).

▣ **"mula sa Betlehem, ang nayong kinaroonan ni David"** Ito ay isa pang gamit ng kabalintunaan (cf. Micah 5:2-3 and Mateo 2:5-6).

**7:43** Si Hesus at ang Kanyang salita ay palaging nagbubunga ng pagkakahati-hati (cf. 7:48-52; 9:16; 10:19; Mateo 10:34-39; Lucas 12:51-53). Ito ang hiwaga ng parabula ng mga lupa (cf. Mateo 13). Ang ilang ay may Espiritwal na mga tainga ang ilang ay wala (cf. Mateo 10:27; 11:15; 13:9,15 (dalawang beses), 16,43; Marcos 4:9,23; 7:16; 8:18; Lucas 8:8; 14:35).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 7:45-52

**[45]Nagsidating nga ang mga punong kawal sa mga pangulong saserdote at sa mga Fariseo; at sinabi nila sa kanila, "Bakit hindi ninyo Siya dinala?" [46]Nagsisagot ang mga punong kawal, "Kailan ma'y walang taong nagsalita ng gayon." [47]Sinagot nga sila ng mga Fariseo, "Kayo baga naman ay nangailigaw rin? [48]Sumampalataya baga sa Kaniya ang sinoman sa mga pinuno, o ang sinoman sa mga Fariseo? [49]Datapuwa't ang karamihang ito na hindi nakaaalam ng kautusan ay sinumpa." [50]Sinabi sa kanila ni Nicodemo (yaong pumaroon kay Hesus nang una, na isa sa kanila), [51]Hinahatulan baga ng ating kautusan ang isang tao, malibang siya muna'y dinggin at talastasin kung ano ang kaniyang ginagawa?" [52]Sila'y nagsisagot at sinabi sa kaniya, "Ikaw baga'y taga Galilea rin? Siyasatin mo, at tingnan mo na sa Galilea ay walang lumitaw na propeta."**

**7:46 "Nagsisagot ang mga punong kawal, 'Kailan ma'y walang taong nagsalita ng gayon'"** Muli, kabalintunaan ni Juan! Ito ay isang nakakagulat na patotoo.

1. hindi nila binanggit ang kanilang pagkatakot sa karamihan ng tao na maaaring mga mabuting pagpaumanhin sa kanila
2. ang mga taga-bantay ng templo ay nagkakaisa sa kanilang palagay kay Hesus, habaang ang karamihan ng tao ay hati-hati.
3. ang mga lalaki ay sinanay na sumunod sa mg autos, na hindi nagbibigay ng kanilang mga palagay.

**7:48 "Sumampalataya baga sa Kaniya ang sinoman sa mga pinuno, o ang sinoman sa mga Fariseo"** Ang Griyegong pagkakayaring pang-balarila sa kapwa vv. 47 and 48 ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Ang salitang "mga pinuno" pumapatungkol sa Sanhedrin. Dito, mayroon tayong mga Saduceo at mga Fariseo (ang buong Sanhedrin), na kadalasan ay may matinding alitan sa isa't-isa, nagkakaisa sa kanilang pagsalangsang laban kay Hesus (cf. 11:47,57; 18:3).

**7:49 "Datapuwa't ang karamihang ito na hindi nakaaalam ng kautusan ay sinumpa"** Ito ay tumutukoy sa "ang mga tao ng lupa" (*'am ha'ares*) na minamaliit ng mga pinunong pang-relihiyon dahil hindi nila isinagawa ang lahat ng mga tradisyong isinawika. (cf. Deuteronomio 27:26). Ang kabalintunaan sa Juan ay nagpapatuloy na makita sa v. 51, nang si Nicodemo ay magpahayag na sila rin ay sumusuway sa Kautusan dahil sa masamang pag-trato nila kay Hesus.

O, ang sakuna ng pagiging maka-relihiyon! Ang mga sumusumpa (*eparatos*, tanging matatagpuan sa NT) ng mga karaniwang tao ay sinumpa ang kanilang sarili! Kung ang liwanag ang naging kadiliman, gaano kalaki ang kadiliman! Babala sa makabago, namamalagi, nakapag-aral na mga nag-re-relihiyon!

**7:51"Hinahatulan baga ng ating kautusan ang isang tao, malibang siya muna'y dinggin at talastasin kung ano ang kaniyang ginagawa"** Ang Griyegong kayariang pang-balirala ay inaasahan ang "hindi" na sagot (cf. Exodo 23:1; Deuteronomio 1:16).

**7:52 "Ikaw baga'y taga Galilea rin"** Ipinapakita nito ang emosyonal na pagtututol ng Sanhedrin laban kay Hesus.

**"Siyasatin mo, at tingnan mo"** Ang pagsiyasat ay may kaugnayan sa loob ng Judaismo sa pag-aaral ng mga Kasulatan (cf. 5:39). Ito muli ay nagpapakita ng paggamit ni Juan ng kabalintunaan. Paano si Elias? (cf. I Hari 17:1) at Jonas (cf. II Hari 14:25), Osea at Nahum? Ang kanilang pakahulugan ay "ang" propeta ng Deuteronomio 18:15,19; Genesis 49:10; II Samuel 7.

**7:53-8:11** Tingnan ang tala sa unahang bahagi ng kabanata 8.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang pang-pistang batayan ng mga salita ni Hesus sa kabanata 7?
2. Ilarawan at ipaliwanag ang layunin ng "Pista ng mga Tabernakulo."
3. Bakit lubhang nagagalit ang mga pinunong pang-relihiyon kay Hesus?
4. Itala ang iba't-ibang mga pangkat na nagbigay ng mga puna kay Hesus sa kabanatang ito.

# JUAN 8

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Babaing Nahuli sa Pangangalunya | Isang Nangalunyang Babae ay Makakaharap ang Liwanag ng Mundo | Ang Babaing Nahuli sa Pangangalunya | Ang Babaing Nahuli sa Pangangalunya | Ang Mapalunyang Babae |
| 7:53-8:11 | 7:53-8:12 | 7:53-8:11 | 7:53-8:11 | 7:53-8:11 |
| Si Hesus, ang Liwanag Ng Mundo | Ipinagtanggol ni Hesus ang Kanyang Sariling Patotoo | Si Hesus, ang Liwanag Ng Mundo | Si Hesus, ang Liwanag Ng Mundo | Si Hesus, ang Liwanag Ng Mundo |
| 8:12-20 | | 8:12-20 | 8:12 | 8:12 |
| | | | | Isang Pagtalakay sa Patoto ni Hesus sa Kanyang Sarili |
| | 8:13-20 | | 8:13 | 8:13-18 |
| | | | 8:14-18 | |
| | | | 8:19a | 8:19a |
| | | | 8:19b | 8:19b |
| | | | 8:20 | 8:20 |
| Kung Saan Ako Tutungo Hindi Kayo Makapupunta | Hinulaan ni Hesus ang Kanyang Kamatayan | | Kung Saan Ako Tutungo Hindi Kayo Makapupunta | |
| 8:21-30 | 8:21-29 | 8:21-30 | 8:21 | 8:21 |
| | | | 8:22 | 8:22-24 |
| | | | 8:23-24 | |
| | | | 8:25a | 8:25a |
| | | | 8:25b-26 | 8:25b-26 |
| | Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa Sayo | | 8:27-29 | 8:27-29 |
| | 8:30-36 | | 8:30 | 8:30 |
| Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa Sayo | | | Ang Katotohanan ang Magpapalaya sa Sayo | Sina Hesus at Abraham |
| 8:31-38 | | 8:31-33 | 8:31-32 | 8:31-32 |
| | | | 8:33 | 8:33-38 |
| | Ang Binhi ni Abraham at Satanas | 8:34-38 | 8:34-38 | |
| Ang Ama Na Demonyo | 8:37-47 | | | |
| 8:39-47 | | 8:39-47 | 8:39a | 8:39-41a |
| | | | 8:39b-41a | |
| | | | 8:41b | 8:41b-47 |
| | | | 8:42-47 | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | 8:49-51 | |
| | | | 8:52-53 | 8:52-56 |
| | | | 8:54-56 | |
| | | | 8:57 | 8:57-58 |
| | | | 8:58 | |
| | | | 8:59 | 8:59 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## KALIGIRANG TEKSTUWAL SA 7:53-8:11

A. Ang Juan 7:53-8:11 ay hindi bahagi ng orihinal na Ebanghelyo ni Juan.

B. Ang katunayan na ang talatang ito (isang pangungusap sa Griyego) ay tinanggal mula sa Ebanghelyo ay
   1. panglabas na katunayan
      a. hindi makikita sa mga pinakalumang Griyegong mga kasulatan
         1) *papyrus* – $P^{65}$ (unang bahagi ng ikatlong siglo), $P^{75}$ (ikatlong siglo)
         2) *uncials* – א (ikaapat na siglo), B (ikaapat na siglo), marahil wala rin sa A at C. Ang mga ito ay nasira na sa pagkakataong ito sa Juan, ngunit kung ang mga natitirang mga dahon ng kasulatan susuriin, walang puwang para sa mga talatang ito.
      b. maraming mga nahuling Griyegong kasulatan ay naglakip ng mga natatanging tanda o sagisag, katulad ng asteris, upang ipakita na hindi ito kabilang sa orihinal
      c. ito ay matatagpuan sa maraming magkakaibang mga lugas sa iba't-ibang mga nahuling kasulatan
         1) pagkatapos ng Juan 7:36
         2) pagkatapos ng Juan 7:44
         3) pagkatapos ng Juan 7:25
         4) sa Lucas pagktapos ng 21:38
         5) sa Lucas pagkatapos ng 24:53
      d. hindi makikita sa mga lumang salin
         1) ang Lumang Latin
         2) ang Lumang Syriac
         3) ang mga maagang sipi ng Peshitta (nahuling Syriac)
      e. walang nagpaliwanag sa talata sa kahit sinong mga Griyegong ama (hanggang sa ika-12 siglo)
      f. ito ay makikita sa codex D (Bezae), isang kanluraning kasulatan ng ika-6 na siglo, ang Latin Vulgata, at mga huling edition ng Peshitta.
   2. panloob na katunayan
      a. ang talasalitaan at anyo ay malamang na kay Lucas kaysa ka Juan. Ito ay inilagay sa ilang Griyegong kasulatan pagkatapos ng Lucas 21:38 at sa iba ay pagkatapos ng 24:53.

b. ito ay lubos sumisira sa konteksto ng pakikipag-usap ni Hesus sa mga pinunong Hudyo pagkatapos ng pista ng mga tabernakulo, 7:1-52; 8:12- 59.

c. walang mga pagkakatulad sa mga Ebanghelyong sinoptiko

3. Para sa isang lubos teknikal na pagtalakay, tingnan sa *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, pp. 219-221ni Bruce M. Metzger

C. Ang pahayag na ito ay maaaring tunay na tradisyong sinasalita mula sa buhay ni Hesus. Gayunman, mayroong maraming mga tala sa buhay ni Hesus ang piniling hindi isulat ng mga manunulat ng Ebanghelyo (Juan 20:30-31). Ang mga manunulat ng Ebanghelyo sa kanilang sarili ay kanasihan. Ang mga nahuling taga-sipi ay walang karapatang isama ang isang tala sa buhay ni Hesus, kahit na ito ay tunay, kung ito ay hindi kasama sa kinasihan sa mga orihinal na manunulat. Ang mga orihinal na manunulat lamang ang may kaalaman sa ilalim ng paggabay ng Banal na Espiritu na mamili, mag-ayos at iangkop ang mga gawa at mga salita ni Hesus. Ang mga talatang ito ay hindi orihinal at, samakatuwid, hindi kinasihan at hindi dapat isinama sa ating mga Bibliya!

D. Pinili kong hindi magbigay ng aking mga pagpapaliwanag sa mga talatang ito dahil naniniwala akong hindi ito nanggaling sa panulat ni Juan at, samakatuwid, hindi bahagi ng isang kinasihang talata (kahit na itoy' makasaysayan).

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 8:12-20

**12 Muli ngang nagsalita sa kanila si Hesus, na sinasabi, "Ako ang Liwanag ng sanglibutan: ang sumusunod sa Akin ay hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng Liwanag ng buhay." 13 Sinabi nga sa Kaniya ng mga Fariseo, "Nagpapatotoo ka sa Iyong sarili; hindi totoo ang patotoo Mo." 14 Sumagot si Hesus at sa kanila'y sinabi, "Bagama't ako'y nagpapatotoo sa Akin din, ay totoo ang Aking patotoo; sapagka't nalalaman Ko kung saan Ako nanggaling, at kung saan Ako paroroon; datapuwa't hindi ninyo nalalaman kung saan Ako nanggaling, o kung saan Ako paroroon. 15 Nagsisihatol kayo ayon sa laman; Ako'y hindi humahatol sa kanino mang tao. 16 Oo, at kung Ako'y humahatol, ang hatol Ko'y totoo; sapagka't hindi Ako nag-iisa, kundi Ako at ang Ama na nagsugo sa Akin. 17 Oo, at sa inyong kautusan ay nasusulat, na ang patotoo ng dalawang tao ay totoo. 18 Ako ang nagpapatotoo sa Akin din, at ang Amang nagsugo sa Akin ay nagpapatotoo sa akin." 19 Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, "Saan naroroon ang iyong Ama?" Sumagot si Hesus, Hindi ninyo nakikilala Ako, ni ang Aking Ama: kung Ako'y inyong makilala, ay makikilala rin ninyo ang Aking Ama." 20 Sinalita niya ang mga salitang ito sa dakong kabang-yaman, nang nagtuturo Siya sa templo: at walang taong humuli sa Kaniya; sapagka't hindi pa dumarating ang Kaniyang oras.**

**8:12 "Muli ngang nagsalita sa kanila si Hesus"** "Ang karamihan ng tao" ay hindi nabanggit sa kabanatang ito.. Maaaring ngang ang Pista ng mga Tabernakulo ay tapos na at si Hesus ay nanatili sa lugar ng Templo upang subukang mangatuwiran at magpatotoo sa mga pinunong Hudyo.

Subalit, sa paggamit ni Hesus ng pagdiriwang ng pista upang ipakilala ang Kanyang sarili, sa bahaging ito, ginamit niya ang pagdiriwang sa ilaw ng pista upang ipakilala ang Kanyang sarili. Maaaring ang 8:12-10:21 ay nasa huling araw ng Pista ng mga Tabernakulo (mga Balag).

▣ **"Ako ang Liwanag"** Ang mga kabanatang 6, 7, and 8 ay tila kaugnay sa "mga paggagala sa ilang" na panahon sa kasaysayan ng Israel, ang pinagmulan ng mga talinghaga na ginamit ni Hesus sa Kanyang sarili.

1. ang kabanata 6 ay gumagamit ng "mana" at "ang tinapay ng buhay"
2. ang kabanata 7 ay gumagamit ng "tubig" and "tubig na nagbibigay-buhay"
3. ang kabanata 8 ay gumagamit ng "liwanag" at "kaluwalhatiang Shekinah"

Ang talinghaga ng liwanag ay naulit sa iba pang mga dako ng Juan (cf. 1:4-5, 8-9; 3:19-21; 9:5; 12:46).

May ilang mga pagtatalo sa kung ano ang tumpak sa kahulugan nito.

1. ang sinaunang pagkakatakot sa kadiliman
2. isang titulo para sa Diyos sa OT (cf. Awit 27:1; Isaias 60:20; I Juan 1:5)
3. ang kaligiran sa Pista ng mga Tabernakulo, ang pag-iilaw ng kandelabra sa Looban ng mga Kababaihan
4. isang pagkabanggit sa Shekinah na ulap ng kaluwalhatian sa panahon ng paggala sa ilang na sumasagisag sa harapan ng Diyos
5. ang pamagat ng Mesias sa OT (cf. Isaias 42:6, 49:6; Lucas 2:32).

Ang mga rabi ay ginamit ang "liwanag" bilang isang pamagat para sa Mesias. Ang mga ilawan ng mga malaking lampara sa Looban ng mga Kababaihan sa panahon ng Pista ng Tabernakulo ay isang malinaw na tagpo sa pahayag ni Hesus. Ang mga pagpapahiwatig ng liwanag para sa Mesias at mga natatanging sanggunian sa 1:4,8 ay kasang-ayon ng pagdiriwang sa Templo upang si Hesus ay magpatuloy na ipahayag ang Kanyang totoong pinagmulan.

Ito ay isa sa mga pitong "Ako nga" na mga pahayag ni Juan (na sinusundan ng isang panaguri)

1. Ako ang Tinapay ng Buhay (6:35,41,48,51)
2. Ako ang Ilaw ng Sanlibutan (8:12; 9: 5; cf. 1:4,9; 12:46)
3. Ako ang pintuan sa daraan ng mga tupa (10:7,9)
4. Ako ang mabuting pastol (10:11,14)
5. Ako ang muling pagkabuhay, at ang buhay (11:25)
6. Ako ang daan, ang katotohanan at ang buhay (14:6)
7. Ako ang tunay na puno ng ubas (15:1,5)

Ito ay mga natatanging pahayag, na makikita lamang sa Juan, na nagtuturo sa persona ni Hesus. Nagbigay-diin si Juan sa mga personal na aspeto ng kaligtasan. Kailangan nating pagkatiwalaan Siya!

▣ **"ng sanglibutan"** Ang salitang ito (*kosmos*, see Natatanging Paksa at 14:17) ay nagpapakita ng pangkalahatang saklaw ng Ebanghelyo ni Hesukristo (cf. 3:16).

▣ **"ang sumusunod sa Akin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Kailangang tandaan na ang that Kristiyanismo ay hindi, una sa lahat, isang pananalig o teolohiya,subalit, ito ay isang personal na pakikipag-ugnayan na sinusundan ng pamumuhay ng pagiging alagad ni Kristo (cf. Mateo 28:18-20; I Juan 1:7).

▣ **"hindi lalakad sa kadiliman"** Ito ay isang pagkabanggit sa isang teolohikal na pagkaunawa sa "pagbulag sa mga walang katubusan" ni Satanas" (cf. II Corinto 4:4). May isa pang bagkabanggit sa mga talata ng OT na nagsasabing ang salita ng Diyos ay tulad ng isang "ilawan sa aking mga paa, at liwanag sa aking landas" (cf. Awit 119:105).

Ang sinuman na tumanggap sa "ang Liwanag" kailangang mabuhay ng naiibang pamumuhay (cf. I Juan 1:7)!

▣ **"Ang Liwanag ng Buhay"** Si Hesus ay nagtataglay ng buhay ng Diyos at ibinibigay Niya ito sa Kanyang mga tagasunod (cf. Mateo 5:14), na ibinigay sa Kanya ng Diyos.

**8:13 "Fariseo"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:24.

▣ **"hindi totoo ang patotoo Mo"** Ang mga Hudyo ay inaangkin ang isang *legal technicality* ng katibayan (i.e., ang pangangailangan ng dalawang mga nagpapatotoo, cf. Bilang 35:30; Deuteronomio 17:6; 19:15-21). Nagsalita si Hesus nang mas maaga patungkol sa mismong pagtutol (cf. Juan 5:31ff) at nagbigay ng maraming nagpapatotoo. Sa kontekstong ito, ang nagpatotoo sa Kanya ay ang Ama!

**8:14,16 "kung. . .kung"** Ito ay kapwa PANGATLONG URING MGA PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Karamihan sa mga pagpapalagay sa kabanata 8 ay sa ganitong uri.

▣ **"nalalaman Ko kung saan Ako nanggaling, at kung saan Ako paroroon"** Ito muli ay isang "sa itaas at sa ibaba" na dualismo. Si Hesus ay mayroong kamalayan sa pag-iisip patungkol sa Kanyang pag-iral bago pa ang paglilikha kasama ng Ama, isang pagkaunawa sa Kanyang misyon, at isang pakahulugan sa kapanahunan ng mga propesiya (cf. Juan 1:1-4, 14-18; 7:28-29; 13:1; 17:5).

▣ **"datapuwa't hindi ninyo nalalaman kung saan Ako nanggaling, o kung saan Ako paroroon"** Ito ay mauugnay sa kabanata 7. Hindi nila alam ang lugar ng kapanganakan ni Hesus (cf. vv. 41-42) gayundin ang Kanyang patutunguhan (cf. 7:34-36; 8:21). Tingnan sa Natatanging Paksa: Mga Saksi kay Hesus sa 1:8.

**8:15 "Nagsisihatol kayo ayon sa laman"** Ito rin ay isang pagkabanggit sa kabanata 7 (cf. v. 24). Tingnan sa Natatanging Paksa: Laman (*sarx*) sa1:14.

▣ **"Ako'y hindi humahatol sa kanino mang tao"** Ang ilang ay nakakakita ng pagkakasalungatan dito sa pagitan Juan 3:17 at 9:39. Si Hesus ay hindi dumating upang humatol, ngunit upang magbigay ng buhay. Sa katunayan ng Kanyang pagdating, ang sinuman na Siya ay tanggihan ay hahatulan (cf. 3:18-21).

**8:16-18** Muli, ito ay isyu ng pangangailangan ng dalawang saksi sa isang kaso sa hukuman (cf. Bilang 35:30; Deuteronomio 17:6; 19:15). Si Hesus, sa walang katiyakang mga salita, ay pinagtibay ang Kanyang pagiging-isa sa Ama (cf. 7:29; 14:9). Tingnan sa Natatanging Paksa: Mga Saksi kay Hesus sa 1:8.

**8:16**
**NASB (1970),**
**NJB, REB "Siya na nagsugo sa akin"**
**NASB (1995),**
**NKJV, NRSV,**
**NIV "ang Ama na nagsugo sa Akin"**

Katulad ng hindi pagkakasundo sa pagitan ng dalawang edisyon ng NASB, may hindi pagkakasundo sa pagitan ng UBS[3,4]

1. UBS[3] ay nagbigay sa "Ama" ng "C" na antas (MS $P^{39,66,75}$, $\aleph^2$, B, L, T, W)
2. UBS[4] ay nagbigay sa "Ama" ng "A" na antas (MSS א*, D, at ilan sa Lumang Nahuli at Syriac na mga salin ay tinanggal ito)

Si Hesus ay hindi kailanman nag-iisa! Ang Ama ay palaging kasama Niya (cf. vv. 16,29; 16:32), maliban marahil sa krus (cf. Marcos 15:34). Ang kaligayahan at pagkabuo ng pakikipag-ugnayan ay ang diwa ng kaligtasan. Ang layunin ng paglilikha ay upang ang Diyos ay makipag-ugnayan sa tao, kaya Kanyang (i.e., Kristo, cf. Juan 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2) linikha sila sa larawan at wangis ni YHWH (cf. Genesis 1:26,27). Ang pagkakawala ng ugnayang ito ay ang kabayaran ng kasalanan. Ang pagpapanumbalik ni ay ang layunin ng misyon ni Hesus!

**8:19 "Saan naroroon ang iyong Ama"** Kanilang patuloy na inuunawa si Hesus sa isang pisikal at *literal* na antas. Ang kanilang mga paglalarawan sa isip at palalong mga isipan ay nakapinid sa katotohanan (cf. v. 27). Ang di-pagkakaunawang ito ay isang pampanitikang katangian ng Ebanghelyo ni Juan.

▣ **"kung Ako'y inyong makilala, ay makikilala rin ninyo ang Aking Ama"** Ito ay isang PANGALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ito ay kadalasang tinatawag na "salungat sa katotohanan." "Kung kilala niyo ko, na hindi naman, samakatuwid, nakikilala niyo ang Aking Ama, na hindi niyo nakikilala." Ang paksang ito ay inulit mula 5:37, tingnan ang buong tala sa 7:28. May kahirapang balangkasin ang Ebanghelyo ni Juan dahil ito ay katulad ng paghahabi ng mga paulit-ulit na mga dibuho o isang simponya ng paulit-ulit na mga himig..

**8:20 "Sinalita niya ang mga salitang ito sa dakong kabang-yaman"** Ang talatang ito ay tila isa na namang pagpunang editoryal mula sa isang saksi. Ang kabang-yaman ay hindi hiwalay na gusali. Ang Rabinikal na tradisyon (*Shekalim* 6) ay nagsasabing may mga labing-tatlong mga sisidlang hugis trumpeta, na may tanda para sa natatanging paggagamitang, na nakalagay sa Loobaan ng mga Kababaihan (cf. Marcos 12:41), kung saan may mga malalaking lampara na iniilawan sa panahon ng Pista ng mga Tabernakulo.

▣ **"hindi pa dumarating ang Kaniyang oras"** Tingnan ang tala sa 2:4.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:21-30

**21Muli ngang sinabi Niya sa kanila, Yayaon Ako, at Ako'y inyong hahanapin, at mangamamatay kayo sa inyong kasalanan: sa Aking paroroonan, ay hindi kayo mangakaparoroon. 22Sinabi nga ng mga Hudyo, Siya kaya'y magpapakamatay, sapagka't kaniyang sinabi, Sa Aking paroroonan, ay hindi kayo mangakaparoroon. 23At sa kanila'y Kaniyang sinabi, Kayo'y mga taga ibaba; Ako'y taga itaas: kayo'y mga taga sanglibutang ito; Ako'y hindi taga sanglibutang ito. 24Sinabi Ko nga sa inyo, na kayo'y mangamamatay sa inyong mga kasalanan: sapagka't malibang kayo'y magsisampalataya na Ako nga ang Kristo, ay mangamamatay kayo sa inyong mga kasalanan. 25Sa kaniya nga'y kanilang sinabi, Sino Ka baga? Sinabi sa kanila ni Hesus, Siya rin na sinalita Ko sa inyo mula pa nang una. 26Mayroon Akong maraming bagay na sasalitain at hahatulan tungkol sa inyo: gayon pa man ang nagsugo sa Akin ay totoo; at ang mga bagay na sa kaniya'y Aking narinig, ang mga ito ang sinasalita Ko sa sanglibutan. 27Hindi nila napagunawa na tungkol sa Ama ang Kaniyang sinasalita sa kanila. 28Sinabi nga ni Hesus, Kung maitaas na ninyo ang Anak ng tao, saka ninyo makikilala na Ako nga ang Kristo, at wala akong ginagawa sa aking sarili, kundi sinalita ko ang mga bagay na ito, ayon sa itinuro sa akin ng Ama. 29At ang nagsugo sa Akin ay sumasa Akin; hindi Niya Ako binayaang nag-iisa; sapagka't ginagawa Kong lagi ang mga bagay na sa Kaniya'y nakalulugod. 30Samantalang sinasalita Niya ang mga bagay na ito, ay maraming nagsisampalataya sa Kaniya.**

**8:21-22 "sa Aking paroroonan, ay hindi kayo mangakaparoroon. . . Siya kaya'y magpapakamatay"** Ang katanungan sa v. 22 ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Ito'y maliwanag sa konteksto bagaman mali ang kanilang pagkakaunawa sa Kanyang pahayag (cf. 7:34-36), kanilang inugnay ito sa Kanyang kamatayan. Mula kay Josephus, ating natutunan na ang pagpapakamatay ay magpaparusa sa sinuman sa pinaka mababang bahagi ng Hades. Ang kanilang tanong ay tila nagpapahiwatig ng kanilang pag-aakala na dapat doon si Hesus mapunta.

**8:21 "mangamamatay kayo sa inyong kasalanan"** Ang literal na kahulugan ay "Sa iyong kasalanan, ikaw ay mamamatay." Ang salitang "kasalanan" ay PANG-ISAHAN sa v. 21 at PANGMARAMIHAN sa v. 24. Ito ay pangunahing tumutukoy sa kanilang pagtanggi kay Hesus bilang ang Kristo (cf. v. 24). Ito ay tunay ngang di-mapapataway na kasalanan ng Ebanghelyong Sinoptiko. Ang kanilang mga pinuno ay tinatanggi si Hesus sa gitna ng dakilang liwanag na nagmumula sa Kanyang mga

salita at mga tanda.

Tingnan ang mga sumusunod na mga tala galing sa aking komentaryo sa Marcos.

**Marcos 3:29 "sinomang magsalita ng kapusungan laban sa Banal na Espiritu"** Ito ay kailangang maunawaan sa kanyang pangkasaysayang pinangyarihan bago ang Pentecost. Ito ay ginamit sa pagkaunawa ng katotohanan ng Diyos na tinanggihan. Ang katuruan ang talatang ito ay karaniwang tinatawag na "ang di-mapapatawad na kasalanan." Ito ay kailangang bigyan ang kahulugan sa liwanag ng sumusunod na pamantayan:

1. ang pagkaka iba sa OT sa pagitan ng "sinadya" at "di-sinadyang mga kasalanan," (cf. Bilang 15:27-31)
2. ang di-pananampalataya ng sariling pamilya ni Hesus na inihambing sa di-pananampalataya ng mga Fariseo sa kontekstong ito
3. ang mga pahayag ng pagpapatawad sa v. 28
4. ang mga kaibahan sa pagitan ng mga tala sa Ebanghelyo, lalo na sa pagbabago ng "anak ng tao," (cf. Mateo 12:32; Lucas 12:10) sa "mga anak ng tao," (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:28).

Sa pagpapaliwanag ng nasa taas, ang kasalanang ito ay magagawa ng sinuman, sa gitna ng dakilang liwanag at pagkakaunawa, ay nananatiling tinanggihan si Hesus bilang paraan ng Diyos sa kapahayagan at kaligtasan. Ginawa nilang kadiliman ni Satanas ang liwanag ng Ebanghelyo (cf. Marcos 3:30). Kanilang tinanggihan ang pag-aanyaya at pag-uusig ng Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang walang kapatawarang kasalanan ay hindi sa pagtanggi ng Diyos dahil sa iilang isahang pagkilos o salita, ngunit sa paulit-ulit, nagpapatuloy na pagtanggi sa Diyos kay Kristo sa pamamagitan ng kusang di-pananampalataya (i.e., ang mga eskriba at mga fariseo).

Ang kasalanan na ito ay maaari lamang magawa ng sinuman na nakapakinig na ng Ebanghelyo. Silang maliwanag na nakapakinig na ng mensahe tungkol kay Hesus ay may pinakamalaking pananagutan sa kanilang pagtanggi. Natatangi itong totoo sa mga makabagong kultura na may palagiang paanyaya sa Ebanghelyo, ngunit itinanggi si Hesus (i.e., America, kulturang kanluranin).

**8:23 "Kayo'y mga taga ibaba, Ako'y taga itaas"** Ito ay isa pang halimbawa ng pataas na dualismo ni Juan (i.e., ibaba laban sa itaas, cf. 7:35-36; 18:36).

Ang paghahambing ni Juan sa pagitan ni Hesus na galing sa kaitaasan at ang mga Hudyo na galing sa ibaba, ay bumubuo ng dualismo na natatangi sa mga Ebanghelyo. Ang mga Ebanghelyong Sinoptiko (Mateo, Marcos, Lucas) ay pinag-iba ang dalawang mga panahonng pang-Hudyo, ang masamang kasalukuyang panahon at ang panghinaharap na panahon ng katuwiran. Ang pagkakaiba ay isinalarawan sa pamamagitan ng mga salitang pahalang na dualismo at pataas na dualismo. Itinuro ba ni Hesus ang kapwa magkaibang mga pagtatakda? Maaaring ang Sinoptiko ay tinala ang mga pang-madlang mga katuruan habang ang Juan ay tinala ang mga panariling pagtuturo sa mga alagad.

▣ **"kayo'y mga taga sanglibutang ito"** Ang mundo ay sumasandig sa kapangyarihan ng Isang Masama (cf. II Corinto 4:4; Efeso 2:2; and I Juan 5:19). Para sa sanglibutan (*kosmos*) tingnan sa Natatanging Paksa sa14:17.

**8:24 "maliban"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugang marahil na maaaring pagkilos.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"kayo'y magsisampalataya na Ako nga"** |
| **NRSV, JB** | **"maniwala kayong Ako nga siya"** |
| **TEV** | **"maniwala na 'Ako nga ay ako nga"** |
| **NJB** | **"maniwala na akon nga siya"** |

Ito ay isa sa pinakamalakas na pahayag ni Hesus patungkol sa kanyang pagkakaunawa sa Kanyang sariling likas na pagka-Diyos (o ito ay maaaring nasa konteksto na "ang Mesias" ang pinatutungkulan). Siya ay gumagamit ng titulo sa OT para kay YHWH (cf. "Ako nga" of Exod. 3:14). Ito ay naiiba sa nakikilalang "Ako nga" na mga pahayag sa Juan. Ito ay walang panaguri (cf. 4:26; 6:20; 8:24,25,58; 13:19; 18:5,6,8). Tingnan sa Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Juan ng "Manampalataya" sa 2:23.

**8:25 "Sino Ka baga"** Ang mga namumunong Hudyo ay naghahanap ng mga katuwirang ayon sa kautusan para pag pagbibintang ng pamumusong (cf. Mateo 26:57-68; Marcos 14:53-65)! Nais nilang Siya'y mamatay. Hindi sila naghahanap ng kaalaman ngunit para sa paggagawad ng kaparusahan.

Maliwanag na nahayag ni Hesus ang Kanyang sarili sa Juan (di tulad ng mga sinoptiko)! Ang Kanyang mga salita (i.e., v. 24) at Kanyang mga gawa (i.e., healing on the Sabbath) ay maliwanag na nagpapakita ng kanyang kapamahalaan.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Siya rin na sinalita Ko sa inyo mula pa nang una"** |
| **NKJV** | **"Kung ano ang sinasabi sa inyo mula pa sa pasimula"** |
| **NRSV** | **"Bakit kailangan pa akong magsalita sa inyo"** |

**TEV** **"Kung ano ang sinabi sa inyo mula pa nang unang-una"**
**NJB** **"Ano ang sinabi ko sa inyo noong pasimula pa"**

Ang orihinal na Griyegong kasulatan ay walang mga puwang sa bawat pagitan ng mga salita. Samakatuwid, ang mga Griyegong titik ay maaaring hatiin sa iba't-ibang mga lugar upang makabuo ng mga salita na naaangkop sa konteksto. Ang pagkakaiba sa mga salin ay hindi kaugnay sa kaibhan ng mga kasulatan, kundi sa pagkakahati-hati ng salita.Nandito ang mga pagpipilian

1. *hote* – Sinasabi ko sayo mula pa nang una.(NASB, NKJV, TEV, NJB, NIV)
2. *ho ti* bilang isang salitang pagbubulalas sa Semitiko – na dapat akong magsalita sa'yo (NRSV, TEV tala sa ibaba)

Ito marahil ang isa sa mga paglalaro ng salita ni Juan sa salitang "pasimula" ay ginamit sa saling *Septuagint* ng Genesis 1:1 (ang paglilikha) sa Juan. 1:1 (ang Kanyang ministeryo). Si Hesus mula pa sa "pasimula" at Kanyang sinasabi sa kanila ang lahat na ito kaalinsabay ng mga salita at gawa!

**8:26-27** Ang mga paksang ito ay inulit sa Juan para sa pagbibigay-diin.

1. ang Ama ang nagsugo sa Akin (cf. 3:17,34; 4:34; 5:36,38; 6:29,44,57; 7:28-29; 8:16,26,42; 10:36; 11:42; 12:49; 14:24; 15:21; 17:3,18,21,23,25; 20:21)
2. ang Ama ay katotohanan (cf. 3:33; 7:28)
3. ang mga katuruan ni Hesus ay galing sa Ama (cf. 3:11; 7:16-17; 8:26,28,40; 12:49; 14:24; 15:15)
4. Si Hesus ang naghahayag sa Ama (cf. 1:18; 8:26-29; 12:49-50; 14:7,9)

▣ **"ang sanglibutan"** Tingnan ang tala sa 1:10.

**8:27** Isa pang pang-editoryal na puna ng may-akda. Kung naunawaan nila ang kaliwanagan ng Kanyang matalingha at masagisag na pangungusap, sila, tulad ng ibang mga Hudyo, ay magnanais na pangtangkaing patayin Siya (cf. 5:18; 8:59; 10:33). Ang kanyang pag-aangkin hindi lingid sa kanila!

**8:28 "Kung maitaas na ninyo ang Anak ng tao"** Ito ay isang pagkabanggit sa OT ng Bilang 21:4-9, na tinalakay sa Juan 3:14. Ang salitang ito, tulad ng maraming salita sa Juan, ay may dalawang kahulugan. Ito ay maaaring mangahulugang "maitaas" tulad ng sa krus (cf. 3:14; 12:32,34), ngunit ang kadalasang ginagamit sa isang pagkaunawa ng "pagdakila" tulad sa mga Gawa 2:33, 5:31; Filipos 2:9. Nalalaman ni Hesus na Siya ay naparito upang mamatay (cf. Marcos 10:45).

▣ **"Anak ng tao"** Ito ay isang sariling-piling titulo dahil ito na walang pang-militar o pambansang sa loob ng rabinikal ng Judaismo. Pinili ni Hesus ang titulong ito dahil inuugnay nito ang mga kaunawaan ng pagiging tao (cf. Ezek. 2:1; Awit 8:4) at pagiging Diyos (cf. Dan. 7:13).

▣ **"saka ninyo makikilala na ako nga ang Kristo"** Kahit na ang Kanyang mga alagad (at Kanyang pamilya) ay hindi lubusang nauunawaan ito hanggang (cf. 7:39) sa pagkatapos ng Pentecost! Ang Espiritu ay dumating na may kapangyarihan makapagbukas ng paningin sa lahat ng may esprituwal na mga mata at mga tainga!

Para sa natatanging pahayag na pang-barirala ng "Ako nga", tingnan ang tala sa v. 24. Malalaman nila

1. kung sino Siya (i.e., Mesias)
2. na Kanyang inihahayag ang Ama (cf. 5:19-20)
3. na Siya ang Ama ay iisa (v. 29)

**8:29 "hindi Niya Ako binayaang nag-iisa"** Ang pakikipag-ugnayan ni Hesus sa kanyang Ama ay pinapanatili Niya (cf. 8:16; 16:32). Ito ang dahilan bakit ang nasirang pakikipag-ugnayan sa krus ay napaka-hirap para sa Kanya. (cf. Marcos 15:34).

**8:30 "maraming nagsisampalataya sa Kaniya"** Mayroong dakilang kalayaan sa paggamit ng salitang "manampalataya" sa talatang ito. Ito ay maaring tumukoy sa mababaw ng pananampalataya sa bahagi ng ilang mga nakikinig (cf. Mateo 13; Marcos 4). Sila ay nagnanais na Siya ay tanggapin bilang Mesias ayon sa kanilang sariling pagkakaunawa sa kung ano ang kahulugan nito. Ang konteksto ng 8:30-58 ay maliwanag na ipinapakita na sila ay hindi tunay na mga mananampalataya (cf. 2:23-25). Sa Juan may maraming antas ng paniniwala, na hindi lahat tutungo sa kalistasan. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:23.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:31-33

**31Sinabi nga ni Hesus sa mga Hudyong yaon na nagsisisampalataya sa Kaniya, Kung kayo'y magsisipanatili sa Aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad Ko; 32At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo. 33Sa kaniya'y kanilang isinagot, Kami'y binhi ni Abraham, at kailan ma'y hindi pa naging alipin ninomang tao: paanong sinasabi mo, Kayo'y magiging laya?**

**8:31 "Kung kayo'y magsisipanatili"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaaring pagkilos. Ang pagbibigay-diin na ito sa nagpapatuloy na pananampalataya ay malinaw ding ipinahayag sa Juan 15. Ito ang nawawalang bahagi ng pagpapahayag ng Ebanghelyo. Ang salita ay kailangang panampalatayanan (cf. 5:24), sundin, and panatilihin. Tingnan sa Natatanging Paksa: Nananatili sa I Juan 2:10.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTITIS

Ang biblikal na aral na may kaugnayan sa buhay Kristyano ay mahirap maipaliwanag dahil ipinapakita ito ang mga karaniwang silanganing *dialectical* na tambalan. Ang mga tambalang ito ay tila magkasalungat, ngunit kapwa biblikal. Ang mga Kristiyanong kanluranin ay gumawi sa pagpili ng isang katotohanan at baliwalain o pababain ang kabilang katotohanan. Hayaan mong aking ilarawan.

A. Ang kaligtasan ba ay isang panimulang pagpapasiya na pagkatiwalaan si Kristo o isang panghabang-buhay na pagtupad sa pagiging alagad ni Kristo?

B. Ang kaligtasan ba ay isang pagpili sa pamamagitan ng biyaya mula sa isang makapangyarihang Diyos o ang pananampalataya at pagsisisi ng tao bilang tugon sa isang alok ng Diyos?

C. Ang kaligtasan ba, na minsang matanggap, ay hindi na mawawala, o mayroong pangangailang para sa nagpapatuloy na pagpapagal?

Ang paksa ng pagtitiis ay puno ng pagtutol sa buong kasaysay ng iglesiya. Ang suliranin ay nagsisimula sa tila magkasalungat ng mga talata ng NT:

A. mga talata sa katiyakan
   1. mga pahayag ni Hesus (Juan 6:37; 10:28-29)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 8:35-39; Efeso 1:13; 2:5,8-9; Filipos 1:6; 2:13; II Thesolonica 3:3; II Timoteo 1:12; 4:18)
   3. mga pahayag ni Pedro ( I Pedro 1:4-5)

B. mga talata sa pangangailangan ng pagtitiis
   1. mga pahayag ni Hesus (Mateo 10:22; 13:1-9,24-30; 24:13; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:4-10; Pahayag 2:7,17,26; 3:5,12,21)
   2. mga pahayag ni Pablo (Roma 11:22; I Corinto 15:2; II Corinto 13:5; Gal. 1:6; 3:4; 5:4; 6:9; Filipos 2:12; 3:18-20; Colosas 1:23)
   3. mga pahayag ng mak-akda ng Hebreo (2:1; 3:6,14; 4:14; 6:11)
   4. mga pahayag ni Juan (I Juan 2:6; II Juan 9)
   5. mga pahayag ng Ama (Pahayag 21:7)

Ang biblikal na kaligtasan ay nagmumula sa pag-ibig, awa, at biyaya ng isang makapangyarihan na Trinidad na Diyos. Walang tao ang maliligtas maliban na magsimulang kumulos ang Espiritu (cf. Juan 6:44,65). Ang Diyos ang unang lalapit at magtatakda ng *agenda*, ngunit hinihingi na mga tao ay kailangang tumugon sa pananampalataya at pagsisisi, sa kapwa pasimula t pagpapatuloy. Ang Diyos ay gumagawa sa sangkatauhan sa isang kasunduang pakikipag-ugnayang. May mga tanging karapatan at mga pananagutan!

Ang kaligtasan ay inaalok sa lahat ng mga tao. Ang kamatayan ni Hesus ay tumugon sa suliraning kasalanan ng nalugmok na nilikha. Ang Diyos ay nagbigay ng isang daan at nais na ang lahat na nilalang ayon sa Kanyang larawan ay tumugon sa Kanyang pag-ibig at inilaan kay Hesus.

Kung gusto mong magbasa pa sa paksang ito mula sa pananaw na *non-Calvinistic*, tingnan sa

1. Dale Moody, *The Word of Truth*, Eerdmans, 1981 (pp. 348-365)
2. Howard Marshall, *Kept by the Power of God,* Bethany Fellowship, 1969
3. Robert Shank, *Life in the Son*, Westcott, 1961

Ang Bibliya ay tumutukoy sa dalawang magkaibang mga suliranin sa bahaging ito: (1) pagkuha sa katiyakan bilang lisensiya sa buhay na walang bunga, maka-sariling mga buhay at (2) himukin ang mga nakikihamok sa pang-gawain at pag-sariling kasalanan. Ang suliranin ay ang mga maling pangkat ay makakakuha ng maling mensahe at bumuo ng sistemang teolohikal sa mga iilang talata. May mga Kristiyanong may malubhang pangangailangan ng mensahe ng katiyakan, ang iba naman ay kailangan ng mga mahigpit na babala! Saan pangkat ka kabilang

▣ **"sa Aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad Ko"** Binibigyang-diin ni Hesus ang pamumuhay na ma pagsunod (sa Kanyang mga kautusan, cf. vv. 51,52,55; 14:15,21,23,24; 15:10,20; 17:6; Lucas 6:46; II Juan 9). Sa kabilang band, ang talatang ito ay nagpapakita ng *shema*, isang Hebreong salita na nangangahulugang "makinig kaya gagawin" (i.e., Deuteronomio 6:4-6).

**8:32 "inyong makikilala"** Ito ay ginamit sa pagkakaunawa sa OT ng "makilala," na nangangahulugang "personal na pakikipag-ugnayan," hindi sa kaunawaan ng "pangkaalamang katotohanan" (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Ang katotohanan

ay ang persona! Ang talatang ito, na kadalasang matatagpuan sa mga institusyong ng pag-aaral, ay hindi tumutukoy sa pinag-sama-samang dunong ng tao. Ito ay nagpatunay na makakapaghati at pakakapagpabulag, hindi nakakapagpalaya, sa mga tao. Ang "katotohanan" na sinasabi dito ay ang Ebanghelyo at ang persona ni Hesuskristo. Walang katotohanan, kapayapaan, o pag-asa maliban sa Kanya!

**8:32,40,44,45,46 "ang katotohanan"** Ito ay isa sa susing kaisipang ng konteksto. Ang salitang ito ay may dalawang kahulugan.

1. mapapagkatiwalaan
2. katotohanan laban sa kasinungalingan

Ang kapwa mga kahulugan ay totoo sa buhay at ministeryo ni Hesus. Siya ay kapwa nilalaman at layunin ng Ebanghelyo. Ang katotohanan ay pangunahing isang persona! Si Hesus ay naghayag ng personal na Ama. Ang talata ay kadalasang ginagamit na wala sa konteksto at ginagamit sa mga pang-edukasyonal na pagkakataon. Ang mga kaalaman, kahit na ang tunay na kaalaman , ay hindi makakapagpalaya sa kaninuman (cf. Ecclesiastes 1:18). Tingnan sa Natatanging Paksa sa Katotohanan at 6:55 at 17:3.

**8:32 "magpapalaya sa inyo"** Ang mga mananampalataya ay malaya mula sa legalismo, ritualismo, at nakatuon sa paggawa ng relihiyong pantao. Gayunman, ang mga mananampalataya ay binigkis ang kanilang mga sarili alang-alang sa Ebanghelyo (cf. Roma 14:1-15:6; I Corinto 8-10).

**8:33 "Kami'y binhi ni Abraham, at kailan ma'y hindi pa naging alipin ninomang tao"** Ito ay nakakagulat na kung paanong ang pagmamataas ng lahi ay bulag. Papaano sa Ehipto, Syria, Babyloniya, Persia, Grecia, Syria, at Roma?

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:34-38

**34 Sinagot sila ni Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Ang bawa't nagkakasala ay alipin ng**
**kasalanan. 35 At ang alipin ay hindi nananahan sa bahay magpakailan man: ang anak ang nananahan magpakailan man.**
**36 Kung palayain nga kayo ng Anak, kayo'y magiging tunay na laya. 37 Talastas Ko na kayo'y binhi ni Abraham; gayon**
**ma'y pinagsisikapan ninyong Ako'y patayin, sapagka't ang salita Ko'y hindi magkasiya sa inyo. 38 Sinasalita Ko ang mga**
**bagay na Aking nakita sa aking Ama: at ginagawa rin ninyo ang mga bagay na inyong narinig sa inyong ama.**

**8:34 "Ang bawa't nagkakasala ay alipin ng kasalanan"** Sinusubukan ni Hesus na pangunahan sila sa espirituwal na katotohanan sa likod ng kanyang naunang parirala na "magpapalaya sa iyo" sa v. 32, na ang talata sa v. 33 na nagpapakita na mali ang kanilang pagkakaunawa. At talatang ito ay mauugnay sa mga pagpaparang kay Hesus sa vv. 21 at 24. Ang Kanyang na mga paghahatol sa mga nakapaligid na tagasunod ay natupas sa vv. 44-47.

Si Frank Stagg ay nagpahayag sa kanyang *New Testament Theology,* "ang kabalintunaan ng kalagayan ng tao ay ang pagkaalipin na bunga ng kanyang pagtatangkang maging malaya" (p. 32).

Ang PANDIWA dito ay a PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI, "paggawa," na nangangahulugang nagpapatuloy na kasalanan. Ang nagpapatuloy na kasalanan ay isang katunayan na ang sinuman ay hindi "nakakakakilala" ng katotohanan (Hesus). Ang katulad na katotohanan ay nahayag sa paggamit ng mga PANGKASALUKUYANG PAMANAHON na "nagkakasala" sa I Juan 3:6,9!

Ang katanungan ay, "Nagkakasala pa ba ang mga mananampalataya?" Ang sagot ay "oo" (cf. Roma 7; I Juan). Ang mga Kristiyano ay nakikibaka sa kasalanan, ngunit ang mga naliligaw ay ikakasaya ito at hindi ito nakikilala!

Ang *NET Bible* (p. 1921 #21) ay nagdagdag ng mabuting pagpuna na konteksto ng kasalanan sa Juan ay "di-pananampalataya" (ang walang kapatawarang kasalanan). Ito ay hindi isang kontekstong etikal ngunit isang "konteksto ng pananampalatayang pangkaligtasan." Ang "kasalanan" sa I Juan ay siya ring di-pananampalataya (kasalanan patungong kamatayan)!

**8:35** Ang talatang ito ay hindi tuluyang nag-uugnay sa v. 34, ngunit sa v. 36. Si Hesus, hindi si Moises ng rabinikal na Judaismo, ang totoong anak (cf. Hebreo 1:2; 3:6; 5:8; 7:28). Pananampalataya lamang sa Kanya, hindi sa pagganap ng walang katapusang mga tuntunin at mga ritwal, ang makapagpapalaya sa sinuman (cf. v. 32).

▣ **"magpakailan"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:58.

**8:36 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nagpapahayag ng maaaring pagkilos.

**8:37 "gayon ma'y pinagsisikapan ninyong Ako'y patayin"** (Cf. 5:18; 7:1,19; 8:37,40; 11:53).

▣ **"sapagka't ang salita Ko'y hindi magkasiya sa inyo"** Ang pariralang ito ay maaaring maunawaan sa maraming pagkahulugan. Isang tulong sa pag-aaral ay *The Bible in Twenty Six Translations*.

1. "sapagkat ang salita Ko'y hindi malayang dumaloy sa inyo" – American Standard Version

2. “walang pag-usad sa katwiran sa inyo” – *The New Testament* by Henry Alford
3. “walang ginawang pag-usad sa inyo” – *The New Testament: A New Translation* by James Moffatt
4. “hindi katagpuan ng lugar sa inyo” – *The Emphasized New Testament: A New Translation* by J. B. Rotherham
5. “dahil ang aking mga salita ay walang puwang sa inyong mga puso” – *The Four Gospels* ni E. V. Rieu

Muli, ang suliranin ay pagtanggap o hindi pagtanggap ng Ebanghelyo. Ito ay suliraning ng saligtasan, hindi paglagong moral.

**8:38 “na Aking nakita”** Ito ay isang AKTIBONG GANAP NA MAY PAHIWATIG na nauugnay sa pag-iral ni Hesus bago pa man ang paglalang at ang kasalukuyang pakikipag-ugnayang sa Ama (cf. v. 40,42).

▣ **“ginagawa rin ninyo ang mga bagay na inyong narinig sa inyong ama”** Ang unang pagkabanggit sa “ama” ay maaaring isang sanggunian sa tradisyong pang-Hudyo (cf. Isaias 29:13). Datapuwat, sa vv. 41-44 ang PAKSA ay nararapat kay Satanas/ Demonyo. Ang kanilang mga pagkilos, mga layunin, at mga salita, na ipinalalagay na nagtataguyod kay “Moises,” ay maliwanag na nagpapakita ng kanilang espirituwal na pag-aangkop. Ang mga tao ay ayaw/hindi maaaring magsimula ng espirituwal na kaharian. May dalawang mga pinagmulan impluwensiya (hindi isang dualismo) — Diyos/Kristo/Espiritu o Satanas/at kanyang Demonyo! Kung papaanong tumugon ang sinuman sa Ebanghelyo (cf. 1:12; 3:16; 10:1-18; 14:6) ay maghahayag ng espirituwal na pag-aangkop!

May ilang pamimiliang tekstuwal na nag-uugnay sa pariralang ito.

1. kapwa sanggunian sa “ama” maaaring tumukoy kay YHWH (walang PANGHALIP na “iyo”)
2. ang PANDIWA ay isang PAUTOS, hindi isang PAHIWATIG

(tingnan ang *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, p.225 ni Bruce M. Metzger).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:39-47

**[39]Sila'y nagsisagot at sa Kaniya'y sinabi, Si Abraham ang aming ama. Sa kanila'y sinabi ni Hesus, Kung kayo'y mga anak ni Abraham, ay gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham. [40]Datapuwa't ngayo'y pinagsisikapan ninyo Akong patayin, na taong sa inyo'y nagsaysay ng katotohanan, na Aking narinig sa Diyos: ito'y hindi ginawa ni Abraham. [41]Ginagawa ninyo ang mga gawa ng inyong ama. Sinabi nila sa Kaniya, Hindi kami inianak sa pakikiapid; may isang Ama kami, ang Diyos. [42]Sinabi sa kanila ni Hesus, Kung ang Diyos ang inyong ama, ay inyong iibigin Ako: sapagka't Ako'y nagmula at nanggaling sa Diyos; sapagka't hindi Ako naparito sa aking sarili, kundi sinugo niya Ako. [43]Bakit hindi ninyo napag-uunawa ang Aking pananalita? sapagka't hindi ninyo mangyayaring dinggin ang Aking salita. [44]Kayo'y sa inyong amang diablo, at ang mga nais ng inyong ama ang ibig ninyong gawin. Siya'y isang mamamatay-tao buhat pa nang una, at hindi nananatili sa katotohanan, sapagka't walang katotohanan sa kaniya. Pagka nagsasalita siya ng kasinungalingan, ay nagsasalita siya ng sa ganang kaniya: sapagka't siya'y isang sinungaling, at ama nito. [45]Nguni't dahil sa sinasabi Ko ang katotohanan, ay hindi ninyo Ako sinasampalatayanan. [46]Sino sa inyo ang makasusumbat sa Akin tungkol sa kasalanan? Kung sinasabi ko ang katotohanan, bakit hindi ninyo ako sinasampalatayanan? [47]Ang sa Diyos ay nakikinig ng mga salita ng Diyos: dahil dito'y hindi ninyo dinirinig, sapagka't kayo'y hindi sa Diyos.**

**8:39 “Si Abraham ang aming ama”** Sinang-ayunan ni Hesus ang kanilang physical pinanggalingan ay si Abraham, ngunit Kanyang binigyang-diin na kanilang kangian pampamilya ay kay Satanas (cf. vv. 38,44). Isang personal na pakikipag-ugnayang may pananampalataya, hindi ang pagkakilanlang ng lahi, ang magdudulot sa mga Hudyo ng pagiging tama sa Diyos (cf. Deuteronomio 6:5,13; Roma 2:28-29; 9:6).

▣ **“Kung”** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa anyo (sa panimula – PANGKASALUKUYANG AKTIBONG NAGPAPAHIWATIG na may *ei*), ngunit ito ay maaaring gumanap bilang isang PANGALAWANG URING MAY PASUBALI (cf. vv. 19 and 42). Ang mga kaibahan sa Griyegong kasulatan ay nagtangkang tanggalin ang nahalong anyong nagpapahiwatig sa pamamagitan ng pagbago ng unang PANDIWA sa isang DI-GANAP. Kung magkagayon ito ay babasahing, “Kung kayo ay mga anak ni Abraham, na hindi naman, samakatuwid gagawin niyo ang ginawa ni Abraham, ngunit hindi niyo ginawa.” $UBS^4$ ay nagbigay sa magkahalong anyong pasubali na isang “B” na antas (halos tiyak).

**8:40 “tao”** Hindi lamang na nauunawaan ni Hesus ang Kanyang sarili bilang sinugo ni YHWH, katumbas ng pagka-Diyos ni YHWH, ngunit gayundin bilang isang tunay na tao. Ang pagbibigay-diing ito ay upang pasinungalingan ang pahayag ng mga bulaang gurong Nostiko sa panghabang-buhay na dualismo sa pagitan ng espiritu at mga pisikal na mga bagay (cf. I Juan 1:1-4; 4:1-4).

## NATATANGING PAKSA: NOSTISISMO

A. Karamihan ng ating kaalaman sa maling pananampalatayang ito ay nanggaling sa mga sulat Nostiko noong ikalawang siglo.Datapuwat, ang kaisipan nito ay matatagpuan na noong unag siglo (*Dead Sea Scrolls*) at sa mga sinulat ni Apostol.

B. Ang suliranin sa Efeso (I Timoteo), Creta (Tito) at Colose (Colosas) ay ang pinagsamang pasimulang Nosticismo at

*legalistic* na Judaismo .

C. Ilang mga aral ng Nostisismong *Valentinian* at *Cerinthian* noong ikalawang siglo.

1. Ang bagay at espiritu ay magkasamang walanghanggan (isang dualismong ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang espiritu ay mabuti. Ang Diyos, na espiritu, ay hindi lubusang nakikisangkot sa paghulma ng mga masamang bagay.
2. May mga pinanggagalingan (*eons* o maka-anghel na antas) sa pagitan Diyos at bagay. Ang huli o pinakamababa ay si YHWH ng Lumang Tipan, na bumuo ang sanlibutan (*kosmos*).
3. Si Hesus ay isang pinanggalingan, tulad ni YHWH, ngunit may mas mataas na antas, na mas malapit sa tunay Diyos. Ang ilan ay inilalagay Siya bilang pinakamataas, ngunit gayunpaman ay mas mababa sa till less than Diyos at may katiyakan hindi ang nagkatawang-tao na Diyos (cf. Juan 1:14). Yamang ang bagay ay masama, Si Hesus ay hindi maaaring magkaroon ng isang pantaong katawan at mananatiling Diyos. Siya ay nagpapakita bilang taon, ngunit sa katotohanan ay isang espiritu (cf. I Juan 1:1-3; 4:1-6).
4. Ang kaligtasan ay matatamo sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus at karagdagang natatanging kaalaman, na matatanto lamang ng mga natatanging tao. Ang kaalaman (mga password) ay kinakailangan upang makadaan sa pamamagitan ng mga makalangit na kalagayan. Ang legalismong pang-Hudyo ay kinakailangan din upang makaabot sa Diyos.

D. Ang mga Nostikong bulaang guro ay tagataguyod ng dalawang magkasalungat na sistemang etikal.

1. Para sa ilan, ang lakad ng buhay ay lubos na walang kinalaman sa kaligtasan. Para sa kanila, ang kaligtasan at pagiging espirituwal ay napapaloob sa lihim na karunungan (mga password) sa pamamagitan ng mga maka-anghel na mga antas (*eons*).
2. Para sa iba, ang lakad ng buhay ay napakahalaga sa kaligtasan was crucial to salvation. Sa aklat na ito, ang mga bulaang propeta ay nagbibigay-diin sa isang esetikong pamumuhay bilang katunayan ng totoong kaligtasan (cf. 2:16-23).

E. Isang mabuting sangguniang aklay ay *The Nag Hammadi Library* ni James M. Robinson at Richard Smith

**8:41**
**NASB, NKJV "'Hindi kami inianak sa pakikiapid"**
**NRSV "'Hindi kami anak sa labas"**
**TEV "'Kami ay tunay na anak"**
**NJB "'Hindi kami ipinanganak na anak sa labas'"**

Ito ay maaaring maiugnay sa paratang ng v. 48 ("ikaw ay isang Samaritano"). Binibigyang-diin ng mga Hudyo na si Hesus ay isang anak sa labas, hindi lubos na dugong Hudyo. Ang mga nahuling rabinikal na mapagkukunan ay magsasabing si Hesus ay may amang sundalong Romano.

▣ **"may isang Ama kami, ang Diyos"** Ang payahag na ito na nagpapakita nang mahigpit na monotheismo sa OT (cf. Deuteronomio 4:35,39; 6:4-5) ay ipinapahayag sa isang maka-amang mga salita (cf. Deuteronomio 32:6; Isaias 1:2; 63:16; 64:8). Ito ang suliranin: ang mga pinunong Hudyo ay sumasang-ayon sa pagiging isa ng Diyos (cf. Deuteronomio 6:4-5) at ang pagsunod sa Kautusan ni Moises obedience to the Mosaic Law ay magdadala ng tamang pakikipag-ugnayan sa Diyos (cf. Deuteronomio 6:1-3,17,24-25). Pumarito si Hesus na nag-aangkin na kaisa ng Diyos! Inaangkin din ni Hesus na ang tamang katayuan sa Diyos ay nakabatay hindi sa pagtupad ng kautusan, kundi sa personal na pananampalataya sa Kanya. Ang kanilang pagkalito at pag-aatubili ay kauna-unawa, ngunit dito kung saan ang pagkilos ng Espiritu at ang mga dakilang gawa ni Hesus ang magdadala ng pananampalataya!

**8:42 "Kung"** Ito ay isang PANGALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na tinatawag "taliwas na katotohanan." "Kung ang Diyos ay inyong Ama na hindi naman, mamahalin niyo Ako, na hindi niyo ginawa" (cf. v. 47).

**8:43 "sapagka't hindi ninyo mangyayaring dinggin ang Aking salita"** Ito ay tumutukoy sa pang-espirituwal na kahandaang tumanggap at pagkakaunawa. Wala silang mga espirituwal na pandinig (cf. Isaias 6:9-10; Mateo 11:15; 13:9,15-16,43; Marcos 4:9,23; 7:16; 8:18; Lucas 8:8; 14:35; Acts 7:51; 28:26-27).

**8:44 "Kayo'y sa inyong amang diablo"** Isang nakakagulat na pahayag sa mga pinunong pang-relihiyon sa Kanyang panahon (cf. v. 47). Ang kaunawaang ito ng ibinahaging mga katangian ng pamilya ay maipapahayag sa isang Hebreong kataga na, "mga anak ni. . ." (cf. Mateo 13:38; Gawa 13:10; I Juan 3:8,10).

Para sa "demonyo" tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:31.

▣ **isang "mamamatay-tao buhat pa nang una"** Ito ay hindi nangangahulugan ng pagpapahiwating ng pagiging walang hangan ng kasamaan (i.e., dualismo sa Zoroastrianismo), ngunit ito ay nagpapahayag ng kaunawaan ng pagtutuksong

espirituwal nina Adan at Eva sa pamamagitan ng isang sinungaling sa espiritu na sumanib sa isang ahas. (cf. Genesis 3). Pansinin ang layuning pagkakaiba sa pagitan ng Diyos na Siyang katotohanan at ang kasamaan!

**8:46 "Sino sa inyo ang makasusumbat sa Akin tungkol sa kasalanan"** Ang kontekstong ito ay tumutukoy sa maling patotoo. Si Satanas ay nagsisinungaling, ngunit si Hesus ay nagsasalita ng katotohanan. Inaanyayahan ni Hesus ang mga pinunong Hudyo upang pasinungalingan ang Kanyang mga pahayag o katuruan, patunauyang Siya ay nagsisinungaling! Sa kontekstong ito, ang pahayag ay tila hindi nauugnay sa kawalang-kasalanan ni Hesus bilang isang aral na teolohikal.

Sa Juan, ang "kasalanan" ay mas higit bilang isang prinsipiyo ng kasamaan sa isang nalugmok na mundo sa paghihimagsik laban sa Diyos kaysa sa isang partikular na paggawa ng kasalanan. Ang kasalanan ay lahat ng hindi si Hesus! Ang pangunahing "kasalanan" ay di-pananampalataya (cf. 16:9).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 8:48-59

**48Nagsisagot ang mga Hudyo at sa Kaniya'y sinabi, Hindi baga magaling ang aming pagkasabi na Ikaw ay isang
Samaritano, at mayroon kang demonyo? 49Sumagot si Hesus, Ako'y walang demonyo; kundi pinapupurihan Ko ang
Aking Ama, at Ako'y inyong sinisiraan ng puri. 50Nguni't hindi ko hinahanap ang Aking sariling kaluwalhatian: may
isang humahanap at humahatol. 51Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Kung ang sinoman ay tutupad ng
Aking salita, ay hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan. 52Sinabi ng mga Hudyo sa Kaniya, Ngayo'y
nalalaman naming mayroon kang demonyo. Namatay si Abraham, at ang mga propeta; at sinasabi Mo, Kung ang
sinoman ay tutupad ng Aking salita, ay hindi niya matitikman magpakailan man ang kamatayan. 53Dakila ka pa baga sa
aming amang Abraham, na namatay? at nangamatay ang mga propeta: sino ang ipinalalagay mo sa Iyong sarili?
54Sumagot si Hesus, Kung niluluwalhati Ko ang Aking sarili, ang kaluwalhatian Ko ay walang anoman: ang Aking Ama'y
siyang lumuluwalhati sa Akin; na tungkol sa kaniya'y sinasabi ninyo, na siya'y inyong Diyos; 55At hindi ninyo siya
napagkilala: nguni't nakikilala ko Siya; at kung aking sasabihin, na hindi ko siya nakikilala, ay Ako'y matutulad sa inyo,
na sinungaling: datapuwa't nakikilala Ko siya, at tinutupad Ko ang kaniyang salita. 56Nagalak ang inyong amang si
Abraham na makita ang Aking araw; at nakita niya, at natuwa. 57Sinabi nga sa kaniya ng mga Hudyo, Wala ka pang
limangpung taon, at nakita mo si Abraham? 58Sinabi sa kanila ni Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo,
Bago ipinanganak si Abraham, ay Ako nga. 59Sila nga'y nagsidampot ng mga bato upang ihagis sa Kaniya: datapuwa't
nagtago si Hesus, at lumabas sa templo.**

**8:48 "Ikaw ay isang Samaritano, at mayroon kang demonyo"** Marahil, ang kahulugang kontekstuwal ay nasasalamin sa Aramaikong salita sa isinalin sa Griyego salita na "Samaritano" na nangangahulugang "ang pinuno ng mga demonyo." Si Hesus ay nagsasalita ng Aramaiko. Kung ito ay totoo, ito ay tumutugma sa patuloy na pagbibintang ng mga pinunong pang-relihiyon na ang kapangyarihan ni Hesus ay nanggaling sa isang masamang *supernatural* na pinagmulan. Maaari din namang kapag sinabing ang sinuman ay may demonyo, nangangahulugan itong siya'y nagsisinungaling (cf. v. 52). Upang sabihing si Hesus ay isang Samaritano (cf. 4:9) o mayroong demonyo (cf. 7:20; 8:48,49,52; 10:20,21, tingnan sa Natatanging Paksa sa 12:31) ay isa pang paraan upang sabihing huwag makinig sa Kanya o tumugon sa Kanyang mensahe. Ito ngayon, tulad ng "Si Abraham ay aking ama," ay isa pang palusot para hindi tumugon kay Hesus o sa Kanyang mensahe.

**8:49** Ang sinuman ay hindi maaaring manampalataya sa Ama at hindi sa Anak (cf. I Juan 5:9-12); ang sinuman ay hindi maaaring makilala ang Ama at hindi parangalan ang Anak (cf. 5:23). Bagaman dalawang magkahiwalay na panlabas na persona, sila ay iisa (cf. 10:30; 17:21-23).

**8:50 "Aking sariling kaluwalhatian"** Tingnan ang tala sa 1:14.

**8:51,52 "kung. . .Kung"** Ito ay kapwa PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan maaaring pagkilos. Pansinin na ang pagsunod ay maiuugnay sa pananampalataya (tingnan ang talaan ng mga talata sa v. 48).

▣ **"hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan"** Ito ay isang DALAWAHANG NEGATIBO. Ito ay malinaw na tumutukoy sa espirituwal kamatayan (cf. vv. 21,24), hindi sa pisikal na kamatayan (cf. 5:24; 6:40, 47; 11:25-26). Ito ay maaaring tumukoy sa pagkatakot sa kamatayan (cf. I Corinto 15:54-57).

Ang pagkaunawa sa "kamatayan" (*thanatos*) ay ipinahayag sa Bibliya sa tatlong mga yugo.

1. espirituwal na kamatayan, Genesis 2:17; 3:1-24; Isaias 59:2; Roma 7:10-11; Santiago 1:15 (ang pakikipag-ugnayan sa Diyos ay nasira)
2. pisikal na kamatayan, Genesis 3:4-5; 5 (ang pakikipag-ugnayan sa mundo ay nasira)
3. walang-hanggang kamatayan, "ang pangalawang kamatayan," Pahayag 2:11; 20:6,14; 21:8 (ang nasirang pakikipag-ugnayan sa Diyos ay pinanatili magpakailan pa man) Ang kamatayan ay salungat sa kalooban ng Diyos para sa Kanyang pinakamataas na linikha (cf. Genesis 1:26-27).

**8:52** Ito ay nagpapakita na mali ang pagkakaunawa nila sa pahayag ni Hesus (cf. v. 51). Tinanggap nila ito upang iugnay sa

pisikal na buhay ni Abraham at mga propeta.

**8:53** Ang tanong na ito ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot. Isang nakakagulantang na pahayag! Ito ang ganap na pag-aangkin ni Hesus.

1. Siya ay mas dakila kay Abraham, v. 53
2. Siya ay mas dakila kay Jacob, 4:12
3. Siya ay mas dakila kay Jonas, Mateo 12:41; Lucas 11:32
4. Siya ay mas dakila kay Juan Bautista, 5:36; Lucas 7:28
5. Siya ay mas dakila kay Solomon, Mateo 12:42; Lucas 11:31

Ang buong aklat ng mga Hebreo ay nagpapakita ng pagiging lalong pagkamataas ni Hesus na higit kay Moises, bagong tipan ay higit sa lumang tipan (tingnan ang aking mga komentaryo sa Hebreo na libre *online* sa www.freebiblecommentary.org ).

▣ **"sino ang ipinalalagay mo sa Iyong sarili"** Ito ang tiyak na punto! Si Hesus ang nagpahayag nang malinaw na paglalagom sa vv. 54 at58 at sinubukan nilang batuhin Siya dahil sa pamumusong sa Diyos (cf. v. 59).

**8:54 "Kung"** Isa pang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangahulugan ng maaaring pagkilos.

▣ **"luwalhatiin"** Ito ay ginamit ditto para sa kahulugan ng karangalan (cf. Roma 1:21; I Corinto 12:26).

**8:55 "nakikilala. . .nakikilala"** Ang Ingles na salita ay isinalin sa dalawang mga Griyegong salita sa talatang ito, *ginōskō* and *oida,* na tila sa kontekstong ito ay mga magkasingkahulugan (cf. 7:28-29). Kilala ni Hesus ang Ama at inihayag Siya sa Kanyang mga taga-sunod. Ang mundo (kahit na ang mga Hudyo) ay hindi nakikilala ang Ama (cf. 1:10; 8:19,55; 15:21;16:3; 17:25).

**8:56 "ang inyong amang si Abraham"** Ito ay isang nakakagulantang na panahayag. Si Hesus sa kanyang sarili ay lumalayo sa "mga Hudyo," "kautusan" (cf. 8:17), "ang Templo," at kahit na ang patriyarkang si Abraham. May maliwanag sa paglisan dito sa Lumang Tipan!

▣ **"Nagalak … na makita ang Aking araw"** Ito ay isang PANGGITNANG *AORIST* NA NAGPAPAHIWATIG. Gaano kalawak ang pagkakaunawa ni Abraham patungkol sa Mesias? Maraming mga salin ay nagsalin nito sa paghinaharap na pamanahon. Ito ang mga pagpipilian na kinuha mula sa *The Bible in Twenty-Six Translations.*

1. "nagalak na dapat niyang makita" – *The Emphasized New Testament: A New Translation* ni J. B. Rotherham
2. "nagagalak na nakita niya ang aking araw" – Revised Standard Version
3. "lubhang masaya sa inaasam-asam nag pagkakita – *The Berkeley Version of the New Testament* ni Gerrit Verkuyl
4. "ng pagkakita ng Aking pagparito" – *The New Testament: An American Translation* by Edgar J. Goodspeed
5. "ay natuwa na makilala ang Aking araw" – *The New Testament in the Language of Today* ni William F. Beck

Gayundin, *The Analytical Greek Lexicon Revised* na pinatnugot ni Harold K. Moulton ay nagtala ng mga PANDIWA na ang kahulugan ay "masigasig na pagnanais" mula sa paggamit ng *Septuagint* (p. 2).

▣ **"nakita niya, at natuwa"** Ito ay pumapatungkol sa isa sa dalawang bagay na ito.

1. na si Abraham, sa kanyang buong buhay, ay nagkaroon ng pangitain ng Mesias (cf. II Esdras 3:14)
2. na sa Abraham ay buhay (sa kalangitan) at may kamalayan sa gawa ng Mesias sa mundo. (cf. Heb 11:13)

Ang kabuuang punto sa pahayag ni Hesus ay ang Ama ng bansa ng mg Hudyo ay tumingin patungo sa panahon ng Mesias na mga dakilang kaligayahan, ngunit ang kasalukuyang "binhi" (saling-lahi) ay tumangging manampalataya at magalak! Si Abraham ay ama ng mga mananampalataya (cf. Roma 2:28-29), hindi ng di-mananampalaaya!

**8:57** Muli, ang mga nakikinig kay Hesus ay mali ang pagkakaunawa sa Kanyang mga salita dahil sa kanilang pagiging literal! This confusion may have been purposeful! They did not see because they did not want to see or possibly could not see!

**8:58 "Bago ipinanganak si Abraham, ay Ako nga"** Ito ay isang pamumusong sa mga Hudyo at kanilang sinubukang batuhin si Hesus (cf. Exod. 3:12, 14). Nauunawaan nila ng lubusan ang Kanyang sinasabi, na ang Kanyang pagka-Diyos ay bago pa ang paglalang. (cf. 4:26; 6:20; 8:24,28,54-59; 13:19; 18:5,6,8).

**8:59 "Sila nga'y nagsidampot ng mga bato upang ihagis sa Kaniya"** Maliwanag sa mga salita ni Hesus. Siya ang Mesias at Siya ay kaisa kasama ng Ama. Ang mga Hudyo, na nasa v. 31 na ipinalalagay na "nananampalataya sa Kanya," ay handa nang batuhin Siya dahil pamumusong sa Diyos (cf. Lev. 24:16). Napakahirap na matanggap ng Hudyo ang radikal na bagong mensahe ni Hesus.

1. Hindi Siya kumilos na gaya nang inaasahang pagkilos ng Mesias
2. Kanyang hinamon ang kanilang banal na tradisyong pasalita

3. Kanyang linito ang kanilang mahigpit na paniniwala sa iisang Diyos
4. Kanyang ipinahayag na si Satanas, hind si YHWH, ang kanilang "ama"

Ang sinuman ay "babatuhin" Siya o "tatanggapin" Siya! Walang panggitnang pamimilian!

▣ **"nagtago si Hesus, at lumabas sa templo"** Ito ay isa sa mga talatang maaaring magdulot sa mga tagapagsalin na magpanukala (at magdagdag sa Griyegong talata) kung

1. ito ay isang himala (cf. Lucas 4:30 at ang mga karagdagang talata dito)
2. si Hesus ay napahalo sa karamihan ng tao dahil Siya ay kamukha ang lahat ng iba pang mga Hudyo na nandoon

Mayroon tinakdaan pahanon ang Diyos. Nalalaman Niya na Siya ay pumarito upang mamatay at nalalaman Niya ang paraan, panahon at lugar. Ang Kanyang "oras ay hindi pa dumarating"!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang Juan 7:53-8:11 ba ay orihinal na bahagi ng Ebanghelyo ni Juan? Bakit o Bakit hindi?
2. Ano ang kaligiran ng pahayag ni Hesus na"Ako ang ilaw ng sanlibutan"?
3. Bakit ang mga Fariseo ay lubhang tumutunggali kay Hesus?
4. Ipaliwanag ang salitang "naniniwala" sa v. 30 sa liwanag ng konteksto ng talatang sumunod.

# JUAN 9

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapagaling sa Ipinanganak na Bulag Nakatanggap ng Kagalingan | Isang Lalake na Ipinanganak na Bulag ng Buhay | Si Hesus Ipinakita ang Kanyang Sarili bilang Ilaw | Pinagaling ni Hesus ang Lalake na Bulag | Ang Pagpapagaling sa Lalakeng Bulag |
| 9:1-12 | 9:1-12 | 9:1-12 | 9:1-2 | 9:1-5 |
| | | | 9:3-5 | |
| | | | 9:6-7 | 9:6-7 |
| | | | 9:8 | 9:8-12 |
| | | | 9:9a | |
| | | | 9:9b | |
| | | | 9:10 | |
| | | | 9:11 | |
| | | | 9:12a | |
| | | | 9:12b | |
| Ang mga Fariseo ay Nagimbistiga sa Pagpapagaling | Ang mga Fariseo ay Ipinatalsik ang Pinagaling na Lalake | | Ang mga Fariseo ay Nagimibistiga sa Pagpapagaling | |
| 9:13-17 | 9:13-34 | 9:13-17 | 9:13-15 | 9:13-17 |
| | | | 9:16a | |
| | | | 9:16b | |
| | | | 9:17a | |
| | | | 9:17b | |
| 9:18-23 | | 9:18-23 | 9:18-19 | 9:18-23 |
| | | | 9:20-23 | |
| 9:24-34 | | 9:24-34 | 9:24 | 9:24-34 |
| | | | 9:25 | |
| | | | 9:26 | |
| | | | 9:27 | |
| | | | 9:28-29 | |
| | | | 9:30-33 | |
| | | | 9:34 | |
| Espiritwal na Pagkakabulag | Tunay na Paningin at Tunay na Pagkakabulag | | Espirtiwal na Pagkakabulag | |
| 9:35-39 | 9:35-41 | 9:35-41 | 9:35 | 9:35-39 |
| | | | 9:36 | |
| | | | 9:37 | |
| | | | 9:37 | |

| | | |
|---|---|---|
| | 9:39 | |
| 9:40-41 | 9:40 | 9:40-41 |
| | 9:41 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-41

A. Ang pagpapagaling sa bulag, a pinakapalagiang himala sa ministery ni Hesus, ay nakakabibiglang nagawa sa ilang magkakaibang mga tekniks.

B. Ang pagpapagaling sa bulag ay isang Makamesyas na tanda (cf. Isaias 29:18; 35:5; 42:7; Mateo 11:5). Ang kahalagahan ng mga pagpapagaling na ito ay makikigta sa agarang konteksto ng pananalita ni Hesus na Siya ang Ilaw ng sanlibutan (cf. 8:12 & 9:5). Ang mga Hudyo ay humihingi ng isang tanda, nagkaroon sila ng higit pa! Tanging si YHWH lamang ang makakapagbukas ng mga mata!

C. Ang kabanatang ito ay isang hayagang parabula ng pisikal na pagkabulag ng lalake at ang espiritwal na pagkabulag ng mga Fariseo w(cf. vv. 39-41; Mateo 6:23).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 9:1-12

**[1] At sa pagdaraan niya, ay nakita niya ang isang lalaking bulag mula sa kaniyang kapanganakan. [2] At itinanong sa
kaniya ng kaniyang mga alagad, na nangagsasabi, Rabi, sino ang nagkasala, ang taong ito, o ang kaniyang mga magulang,
upang siya'y ipanganak na bulag? [3] Sumagot si Hesus, Hindi dahil sa ang taong ito'y nagkasala, ni ang kaniyang mga
magulang man: kundi upang mahayag sa kaniya ang mga gawa ng Diyos. [4] Kinakailangan nating gawin ang mga gawa
niyaong nagsugo sa akin, samantalang araw: dumarating ang gabi, na walang taong makagagawa. [5] Samantalang ako'y
nasa sanglibutan, ako ang ilaw ng sanglibutan. [6] Nang masabi niya ang ganito, siya'y lumura sa lupa, at pinapagputik ang
lura, at pinahiran ang mga mata niya ng putik, [7] At sinabi sa kaniya, Humayo ka, maghugas ka sa tangke ng Siloe (na
kung liliwanagin ay Sinugo). Siya nga'y humayo, at naghugas, at nagbalik na nakakakita. [8] Ang mga kapitbahay nga, at
ang nangakakita sa kaniya nang una, na siya'y pulubi, ay nangagsabi, Hindi baga ito ang nauupo at nagpapalimos?
[9] Sinabi ng mga iba, Siya nga: sinabi ng mga iba, Hindi, kundi nakakamukha niya. Sinabi niya, Ako nga. [10] Sa kaniya nga'y
kanilang sinabi, Paano nga ang pagkadilat ng iyong mga mata? [11] Sumagot siya, Ang lalaking tinatawag na Hesus ay
gumawa ng putik, at pinahiran ang aking mga mata, at sinabi sa akin, Humayo ka sa Siloe, at maghugas ka: kaya't ako'y
humayo at naghugas, at ako'y tumanggap ng paningin. [12] At sinabi nila sa kaniya, Saan naroon siya? Sinabi niya, Hindi
ko nalalaman.**

**9:1 "bulag mula sa kaniyang kapanganakan"** Ito lamang ang nag-iisang halimbawa ng pagpapagaling sa ganitong tipo. Walang posibilidad ng pandaraya.

**9:2 "Kaniyang mga alagad"** Ito ang unang pagbanggit ng Kanyang mga disipulo mula ng sa Kabanata 6. Ito ay maaaring tumutukoy sa (1) mga disipulong Judean na binanggit sa Kabanata 7:3 o (2) ang Labindalawa.

▣ **"sino ang nagkasala, ang taong ito, o ang kaniyang mga magulang"** Ang katanungang ito ay nagbunga ng higit na teolohikal na talakayan. Dapat nating unawain ito sa paraan ng sinaunang Judaismo, hindi silanganing mga relihiyon. Mayroong ilang mga posibilidad.

1. ito ay tumutukoy sa bago sa kapanganakang kasalanan na naging teorya ng mga rabi mula sa Genesis 25:22
2. ito ay tumutukoy sa mga kasalanan ng mga magulang o yaong mga kagyat na ninuno na nakaapekto sa hindi pa ipinapanganak na sanggol (cf. Exodo 20:5; Deuteronomio 5:9)
3. ito ay tumutukoy sa isang relasyon sa pagitan ng kasalanan at karamadaman, na karaniwang sa teolohiya ng mga rabi (cf. Santiago 5:15-16; Juan 5:14)

Wala itong kinalaman sa silanganing siklikal na teolohiya ng reinkarnasyon p ang gulong ng *karma*. Ito ay isang Hudyong tagpuan. Para sa isang magandang talakayan sa isyung ito tignan James W. Sire's *Scripture Twisting*, pp. 127-144.

**9:3** Ang talatang ito ay nagbibigay ng kasagutan sa katanungan ng Kanyang mga disipulo kay Hesus sa v. 2. Maraming mga katotohanan ang ipinapahiwatig: (1) ang kasalanan at pagkakasakit ay hindi automatikong magkaugnay at (2) mga suliranin ay kadalasang nagtatakda pagkakataon para sa pagpapala ng Diyos.

**9:4 "nating. . . akin"** Ang PANGHALIP ay kapansin pansing hindi nagkakasundo. Ilang mga Griyegong mga manuskripto ay nagbago ng isa o ang iba ay nagdadala ng gramatikong pagkakasundo. Sila ay tila nagpapakita ng teolohikal na posisyon na si Hesus ay ilaw ng sanlibutan, dapat nating ipakita ang ilaw na yaon sa ating panahon (cf. Mateo 5:14).

▣ **"dumarating ang gabi"** Isang pagpapakumpara sa v. 5 ay nagpapakita na ito ay halatang metaporikal. Ang gabi ay kumakatawan sa

1. ang paparating na paghuhukom
2. ang panahon ng oportunidad ay sarado na
3. ang pagtanggi at pagpapako kay Hesus

**9:5 "Samantalang ako'y nasa sanglibutan"** Ito ay tila tumutukoy sa panahon ng pagkakatawang tao, ang oras mula sa Bethlehem patungo sa Kalbaryo/Bundok Olibo. Si Hesus ay narito lamang ng limitadong oras. Ang Kanyang mga tagapakinig ay dapat tumugon ngayon saKanyang mensahe. Ang talatang ito ay teolohikal na kahanay ng v. 4.

Ang isa ay maaring magtaka kung gaano ang "Ako ang" ipinapahiwatig sa konteksto ng kagaya nito!

▣ **"Ako ang ilaw ng sanglibutan."** Si Juan ay madalas na gumagamit ng "ilaw" at "kadiliman" bilang mga metapora sa mga espiritwal na realidad. Si Hesus bilang isang "ilaw ng sanlibutan" (cf. 1:4-5, 8-9; 3:17-21; 8:12; 9:5; 12:46) ay maaring magpakita ng Makamesyas na mga implikasyon ng OT (cf. Isaias 42:6; 49:6; 51:4; 60:1,3). Tignan puna sa 8:12.

**9:6 "at pinapagputik ang lura"** Ang laway ay isang Hudyong medikal na tahanang panlunas. Hindi ito pinapayagang gamitin sa panahon ng Sabbath (cf. v.14). Ang mga Ebanghelyo ay nagtala ng tatlong mga halimbawa sa paggamit ng laway ni Hesus (cf. Marcos 7:33; 8:23; and here). Sa pamamagitan ng paggamit ng tanggap, o maging ang inaaasahang, paraan ng pagpapagaling, si Hesus ay pinapalakas ang pananampalataya ng lalakeng ito, ngunit tahasang din na hinahamon ang mga tradisyon at alituntunin ng mga Fariseo!

**9:7 "sa tangke ng Siloe"** Siloam ibig sabihin "ang Isa na isinugo." Ang tangkeng ito ay ginamit sa ritwal ng Kapistahan ng Tabernakulo.

▣ **"(na kung liliwanagin ay Sinugo)"** Ang terminong "sinugo" ay may kaugnayan sa katotohanan na ang tubig sa tangke ay may tubo na galling sa bukal ng Gihon, na nasa labas ng mga pader ng bayan ng Herusalem. Ang mga rabi ay pinagdugtong ang salitang "sinugo" sa Makamesyas na implikasyon. Ito ay isa na namang editoryal na komento ng may-akda.

▣ **"naghugas"** Ito ang kanyang aksyon ng pananampalataya. Siya ay umaksyon sa mga salita ni Hesus! Subalit hindi pa ito ang " pananampalatayang nakapagliligtas" (cf. vv. 11,17,36,38). Ito ang pananampalatayang nasa proseso. Sa lahat ng mga Ebanghelyo, si Juan ay nagpahayahag ng " antas" ng pananampalataya. Ang Kabanata 8 ay nagpapakita ng isang grupo na "naniwala" ngunit hindi papunta sa kaligtasan (cf. Mateo 13; Marcos 4; ang parabola ng mga lupa).

## NATATANGING PAKSA: ANG GRIYEGONG PANDIWA NA MGA PAMANAHON NA GINAMIT PARA SA KALIGTASAN

Ang kaligtasan ay hindi isang produkto, ngunit isang pakikipagrelayon. Hindi ito nagtatapos kapag ang isang tao ay nagtiwala kay Kristo; ito lamang ay nagsisimula! Hindi ito isang pansegurong patakaran para sa apoy, o isang tiket patungo sa langit, ngunit isang buhay na lumalago sa pagkakawangins kay Kristo. Mayroon tayong kasabihan sa Amerika na nagsasabi na habang tumatagal ang mag-asawang nabubuhay ng magkasama, mas lalo silang nagiging magkamukha. Ito ang tunguhin ng Kaligtasan!

**KALIGTASAN BILANG ISANG NATAPOS NA AKSYON (AORIST)**

- Mga Gawa 15:11
- Roma 8:24
- II Timoteo 1:9
- Tito 3:5
- Roma 13:11 (sinamahan ng AORIST na may kasamang isang PANGHINAHARAP NA oryentasyon)

**KALIGTASAN BILANG ISANG ESTADO NG PAGIGING (GANAP)**

- Efeso 2:5,8

**KALIGTASAN BILANG ISANG NAGPAPATULOY NA PROSESO (PANGKASALUKUYAN)**

- I Corinto 1:18; 15:2
- II Corinto 2:15
- I Pedro 3:21

**KALIGTASAN BILANG ISANG PANGHINAHARAP NA KAGANAPAN (PANGHINAHARAP sa PANDIWANG PAMANAHON o konteksto)**

- Roma 5:9,10; 10:9,13
- I Corinto 3:15; 5:5
- Felipos 1:28
- I Tesalonica 5:8-9
- Hebreo 1:14; 9:28
- I Pedro 1:5,9

Samakatwid, ang kaligtasan ay nagsisimula sa panimulang pananampalatayang desisyon (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 10:9-13), ngunit dapat itong magbunga sa kalaunan ng proseso ng pamumuhay ng pananampalataya (cf. Roma 8:29; Galacia 2:19-20; Efeso 1:4; 2:10), na balang araw ay kitaang mararanasan (cf. I Juan 3:2). Ito ang huling yugto na tinatawag na pagluluwalhati. Ito ay maipapakita bilang

1. panimulang kaligtasan—inuring ganap (iniligtas mula sa kabayaran ng kasalanan)
2. progresibong kaligtasan—pagpapaging banal (iniligtas mula sa kapangyarihan ng kasalanan)
3. panghuling kaligtasan—pagluluwalhati (iniligtas mula sa presensya ng kasalanan)

**9:8 "Ang mga kapitbahay"** Mayroong tatlong mga grupo na binanggit sa kabanatang ito na nagdadala ng patotoo sa himalang ito: (1) ang kanyang mga kapitbahay (v. 8); (2) ang lalake mismo (v. 11); at (3) kanyang mga magulang (v. 18). Mayroong hindi pagsasang-ayon sa mga magkakapitbahay, na siya rin naman sa mga Fariseo, patungkol sa pagpapagaling na ito.

▣ **"Hindi baga ito ang nauupo at nagpapalimos?"** Ito ay Griyegong katanungan na nag-aasam ng "oo" na kasagutan.

**9:9 "Ako nga"** Ito ang kaparehong Griyego na idyoma na ginagamit ni Hesus sa 4:26; 6:20; 8:24,28,58; 13:19; 18:5,6,8. Ang kontekstong ito ay nagpapakita ng anyong ito ay hindi automatiko na mayroong banal na mga konotasyon. Mayroong labis na kalabuan sa termining *kurios* na ginamit sa mga talata 36 (ginoo) at 38 (Panginoong) sa kabanatang ito.

**9:11-12** Ang usapang ito ay nagpapakita na ang pagpapagaling ng lalakeng ito ay hindi kagyat na nagsasangkot ng espiritwal na kaligtasan. Ang pananampalataya ng lalake ay nahubod sa pamamagitan ng kanyang pakikipagtagpo kay Hesus (cf. v. 35).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:13-17

**13 Dinala nila sa mga Fariseo siya na nang una'y bulag. 14 Araw nga ng sabbath nang gumawa ng putik si Jesus, at padilatin ang kaniyang mga mata. 15 Muli ngang tinanong naman siya ng mga Fariseo kung paanong tumanggap siya ng kaniyang paningin. At sinabi niya sa kanila, Nilagyan niya ng putik ang ibabaw ng aking mga mata, at naghugas ako, at ako'y nakakakita. 16 Ang ilan nga sa mga Fariseo ay nangagsabi, Ang taong ito'y hindi galing sa Diyos, sapagka't hindi nangingilin sa sabbath. Datapuwa't sinasabi ng mga iba, Paano bagang makagagawa ng gayong mga tanda ang isang taong makasalanan? At nagkaroon ng pagkakabahabahagi sa gitna nila. 17 Muling sinabi nga nila sa bulag, Ano ang sabi mo tungkol sa kaniya, na siyang nagpadilat ng iyong mga mata? At kaniyang sinabi, Siya'y isang propeta.**

**9:13 "nila"** Ito ay dapat na tumutukoy sa mga kapitbahay.

▣ **"mga Fariseo"** Ang mga Hudyong pinuno ay nasa dalawang magkakaibang mga termino sa Juan. Sila ay madalas na tinutukoy na "ang mga Hudyo" (cf. vv. 18,22). Gayunpaman, sa kabanatang ito sila ay tinawag na mga Fariseo sa vv. 13, 15, 16, at 40. Tignan Natatanging Paksa sa 1:24.

**9:14 "Araw nga ng sabbath nang gumawa ng putik si Hesus"** Ang mga tradisyonal na mga alituntunin ng mga pinunong Hudyo (ang Pasalitang Tradisyon na ikinodiko sa Talmud) ay mas nangibabaw kaysa sa pangangailangan ng taong ito (cf. 5:9; 9:16; Mateo 23:24). Halos parang si Hesus ay gumawa sa panahon ng Sabbath ng intensyonal para sa layuning pasukin ang isang teolohikal na dyalogo sa mga pinuno. Tignan puna sa 5:9.

**9:16** Ang mga Fariseo ay maaring ibinatay ang kanilang paghahatol kay Hesus sa Deut 13:1-5.

▣ **"At nagkaroon ng pagkakabahabahagi sa gitna nila."** Si Hesus ay laging dahilan ng mga ito (cf. 6:52; 7:43;10:19; Mateo 10:34-39).

**9:17 "Siya'y isang propeta."** Ang kabanatang ito ay nagpapakita ng paghuhubog ng pananampalataya ng lalakeng ito (cf. vv. 36, 38). Para sa "Propeta" tignan Natatanging Paksa sa 4:19.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:18-23

**18 Hindi nga nagsipaniwala ang mga Hudyo tungkol sa kaniya, na siya'y naging bulag, at tumanggap ng kaniyang paningin, hanggang sa kanilang tinawag ang mga magulang niyaong tumanggap ng kaniyang paningin, 19 At nangagtanong sa kanila, na sinasabi, Ito baga ang inyong anak, na sinasabi ninyong ipinanganak na bulag? paano ngang nakakakita siya ngayon? 20 Nagsisagot ang kaniyang mga magulang, at nangagsabi, Nalalaman naming ito'y aming anak, at siya'y ipinanganak na bulag: 21 Datapuwa't kung paanong siya'y nakakakita ngayon, ay hindi namin nalalaman; o kung sino ang nagpadilat ng kaniyang mga mata, ay hindi namin nalalaman: tanungin siya; siya'y may gulang na; siya'y magsasalita para sa sarili niya. 22 Ang mga bagay na ito'y sinabi ng kaniyang mga magulang, sapagka't nangatatakot sa mga Hudyo: sapagka't pinagkaisahan na ng mga Hudyo, na kung ang sinomang tao'y ipahayag siya na siya ang Kristo, ay palayasin siya sa sinagoga. 23 Kaya't sinabi ng kaniyang mga magulang, Siya'y may gulang na; tanungin siya.**

**9:22-23 "na kung ang sinomang tao'y ipahayag siya na siya ang Kristo"** Ito ay isang IKATLONG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na ibig sabihin ay isang potensyal na aksyon. Ang mga magulang ay natakot sa mga pinunong Hudyo na ito. Mayroong ilang mga saksi na nagpapatunay sa pagpapagaling na ito: (1) ang mga kapitbahay (vv.8-10); (2) ang lalake mismo (vv. 11-17, 24-33); at (3) kanyang mga magulang (vv. 18-23).

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAHAYAG NG KASALALANAN

A. Ito ang dalawang mga anyo ng kaparehong Griyegong ugat na ginamit para sa pagpapahayag ng kasalanan o pangungumpisal, *homolegeō* at *exomologe*. Ang tambalang termino na ginagamit ni Santiago ay mula sa *homo,* ang kaparehong; *legō*, magsalita; at *ex*, mula sa. Ang pangkaraniwang kahulugan ay sabihin ang kaparehong bagay, sumangayon sa. Ang *ex* na ay nagdadagdag sa ideya na publikong deklarasyon.

B. Ang Ingles na mga salit ng grupong salita na ito ay
   1. magpuri
   2. sumangayon
   3. ideklara
   4. ipakita

5. ihayag

C. Ang grupong salita na ito ay parang mayroong dalawang magkasalungat na pagkakagamit

1. purihin ang (Diyos)
2. aminin ang kasalanan

Ito ay nahubog marahil mula sa pakiramdam ng sangkatauhan sa kabanalang ng Diyos at ang pagiging makasalanan ng tao. Ang pag-amin ng isang katotohanan ay ang pag-amin ng pareho.

D. Ang NT na pagkakagamit ng grupong salita ay ang mga

1. ang mangako (cf. Mateo 14:7; Mga Gawa 7:17)
2. ang sumangayon o magparaya sa isang bagay (cf. Juan 1:20; Lucas 22:6; Mga Gawa 24:14; Hebreo 11:13)
3. ang magpuri(cf. Mateo 11:25; Lucas 10:21; Roma 14:11; 15:9)
4. ang paniwalaan ang
   a. isang persona (cf. Mateo 10:32; Lucas 12:8; Juan 9:22; 12:42; Roma 10:9; Filipos 2:11; I Juan 2:23; Pahayag 3:5)
   b. isang katotohanan (cf. Mga Gawa 23:8; I Juan 4:2)
5. tang gumawa ng publikong deklarasyon ng ( legal na pakahulugan na nahubog putungo sa relihiyong paninindigan), cf. Mga Gawa 24:14; I Timoteo 6:13)
   a. ng walang pag-amin sa konsensya (cf. I Timoteo 6:12; Hebreo 10:23)
   b. na may pag-amin sa konsensya (cf. Mateo 3:6; Mga Gawa 19:18; Hebreo 4:14; Santiago 5:16; I Juan 1:9)

**9:22 "ay palayasin siya sa sinagoga"** Kapansin-pansin na ang mga magulang ay natakot na sila ay mapatalsik (cf. 12:42; 16:2). Ang hakbang na ito ay nagmula pa sa panahon ni Ezra (cf. 10:8). Alam natin mula sa rabinikal na mga literatura na mayroong tatlong uri ng pagpapalayas: (1) sa loob ng isang linggo; (2) sa loob ng isang buwan; o (3) o pang habangbuhay.

Si Juan, na sumusulat papunta sa huling mga taon ng unang siglo, ay alam ng lubusan ang pagpapatalsik mula sa Sinagoga dahil sa pagpapahayag kay Hesus bilang Kristo. Ang mga makasaysayang "sumpang mga pormula" ay napayabong ng mga Fariseo pagkatapos ng 70 A.D. muling pag-usbong ng mga Hudyo mula sa Jamnia.

▣ **"ay palayasin siya sa sinagoga"** Ito ay isang seryosong aksyon para sa pagpapaalis sa samahan (cf. 12:42; 16:2).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:24-34

**24 Dahil dito'y tinawag nilang bilang ikalawa ang taong naging bulag, at sinabi sa kaniya, Luwalhatiin mo ang Diyos: nalalaman naming makasalanan ang taong ito. 25 Sumagot nga siya, Kung siya'y makasalanan ay hindi ko nalalaman: isang bagay ang nalalaman ko, na, bagaman ako'y naging bulag, ngayo'y nakakakita ako. 26 Sinabi nga nila sa kaniya, Ano ang ginawa niya sa iyo? paano ang pagkapadilat niya sa iyong mga mata? 27 Sinagot niya sila, Kasasabi ko lamang sa inyo, at hindi ninyo pinakinggan; bakit ibig ninyong marinig uli? ibig baga naman ninyong kayo'y maging mga alagad niya? 28 At siya'y kanilang inalipusta, at sinabi, Ikaw ang alagad niya; datapuwa't kami'y mga alagad ni Moises. 29 Nalalaman naming nagsalita ang Diyos kay Moises: datapuwa't tungkol sa taong ito, ay hindi namin nalalaman kung taga saan siya. 30 Sumagot ang tao at sa kanila'y sinabi, Narito nga ang kagilagilalas, na hindi ninyo nalalaman kung siya'y taga saan, at gayon ma'y pinadilat niya ang aking mga mata. 31 Nalalaman naming hindi pinakikinggan ng Diyos ang mga makasalanan: datapuwa't kung ang sinomang tao'y maging mananamba sa Diyos, at ginagawa ang kaniyang kalooban, siya'y pinakikinggan niya. 32 Buhat nang lalangin ang sanglibutan ay hindi narinig kailan man na napadilat ng sinoman ang mga mata ng isang taong ipinanganak na bulag. 33 Kung ang taong ito'y hindi galing sa Diyos, ay hindi makagagawa ng anoman. 34 Sila'y nagsisagot at sa kaniya'y sinabi, Ipinanganak kang lubos sa mga kasalanan, at ikaw baga ang nagtuturo sa amin? At siya'y pinalayas nila.**

**9:24 "Luwalhatiin mo ang Diyos"** Ito ay isang pormula ng panunumpa upang masiguro ang katapatan (cf. Josue 7:19).

**9:25** Ang sagot na ito ay dapat na tumutukoy sa v. 16. Ang lalake ay ayaw makipagtalo sa teolohiya, ngunit siya ay naninidigan sa resulta ng kanyang pakikipagtagpo kay Hesus.

**9:27 "ibig baga naman ninyong kayo'y maging mga alagad niya?"** Ang Griyegong gramatikal na anyo ay umaasa ng isang "hindi" na sagot, ngunit ang pinakatinatanong ay ang matalim na ironya at nagpapakita ng katalasan ng isip ng bulag na pulubi.

**9:28a "Ikaw ang alagad niya"** Mayroong isang tunay na katanungan sa kung anung punto sa kabanatang ito ang lalake ay naging mananampalataya. Marahil sa una ang pagpapagaling ni Hesus ay hindi konektado sa pananampalataya sa Kanya bilang isang Mesyas; sa bangdang huli lamang siya nakonpronta ni Hesus patungkol sa Kanyang pagiging Mesyas (cf. vv. 36-38). Ang bahaging ito ay nagpapakita na ang pisikal na kagalingan ay hindi kailangan na nagdadala ng kaligtasan.

**9:28b-29** Ito ay nagpapakita ng kahirapan sa mga pinuno ng relihiyon na kailangang harapin. Sinubukan nilang pagtugmain ang detalyadong, particular na interpretasyon ng Pasalitang Tradisyon (Talmud) sa kinasihang kapahayagan kay Moises. Ang kanilang mga mata ay binulag ng kanilang teolohikal na paunang paghahatol (cf. Mateo 6:23). Sila ay mga disipulo ng pantaong mga tradisyon (cf. Isaias 29:13).

**9:29 "hindi namin nalalaman kung taga saan siya"** Ito ay isa na namang halimbawa ng ironya ni Juan (cf. 7:27-28; 8:14). Si Hesus ay nagmula sa Ama (cf. 8:42; 13:3; 16:28) ngunit sa kanilang kabulagan ang mga disipulo ay hindi nalaman ang

1. Kanyang pinagmulan
2. Kanyang lugar na kapanganakan

**9:30 "Narito nga ang kagilagilalas, na hindi ninyo nalalaman kung siya'y taga saan, at gayon ma'y pinadilat niya ang aking mga mata"** Ito ay isa na namang halimbawa ng matalas na pagiisip at pagkagat sa ironya ng bulag na pulubi habang pinapabulaanan niya ang lohiko ng mga Fariseo.

**9:31-33** Ang hindi nakapag-aral na lalakeng bulag na ito ay may mas higit, mas maayos na teolohiya kaysa mga pinuno ng relihiyon!

**9:33 "Kung"** Ito ay isang IKALAWANG KLASE KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Ito ay dapat na maunawaan bilang, "Kung ang lalakeng ito ay hindi nagmula sa Diyos, saan dapat Siya, hindi Niya dapat nagagawa ang mga bagay na gaya nito, ngunit nagawa Niya."

**9:34 "Ipinanganak kang lubos sa mga kasalanan,"** Nakakaakit na pansinin na ang mga rabinikal na Hudyo ay walang konsepto ng " orihinal na kasalanan" (cf. Job14:1,4; Ps. 51:5). Ang pagbagsak ng Genesis 3 ay hindi pinagdiinan sa rabinikal na Judaismo. Ang mga Hudyo ay naninindigan na mayroong mabuti ay masamang intensyon (*yetzer*) sa bawat tao. Ang mga Fariseong ito ay naninindigan na ang patotoo at lohiko ng pinagaling na lalake ay walang balido sapagkat halatang siya ay makasalanan dahil siya ay ipinanganak na bulag.

▣ **"siya'y pinalayas nila"** Ito ay literal na "itinapon siya nila sa labas." Ang reperensiya ay sa (1) pagiging kasapi at pagdalo sa mga lokal na sinagoga o (2) pagtiwalag sa mga pagpupulong. Sa konteksto ang #2 ay pinakamahusay.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 9:35-41

**35Nabalitaan ni Hesus na siya'y pinalayas nila; at pagkasumpong sa kaniya, ay sinabi niya, Sumasampalataya ka baga sa Anak ng Diyos? 36Sumagot siya at sinabi. At sino baga siya, Panginoon, upang ako'y sumampalataya sa kaniya? 37Sinabi sa kaniya ni Hesus, Siya'y nakita mo na, at siya nga na nakikipagsalitaan sa iyo. 38At sinabi niya, Panginoon, sumasampalataya ako. At siya'y sinamba niya. 39At sinabi ni Hesus, Sa paghatol ay naparito ako sa sanglibutang ito, upang ang mga hindi nakakakita ay mangakakita; at upang ang mga nakakakita, ay maging mga bulag. 40Yaong mga Fariseo na kasama niya ay nangakarinig ng mga bagay na ito, at sinabi sa kaniya, Kami baga naman ay mga bulag din? 41Sa kanila'y sinabi ni Hesus, Kung kayo'y mga bulag, ay hindi kayo magkakaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayo'y sinasabi ninyo, Kami'y nangakakakita: nananatili ang inyong kasalanan.**

**9:35**
**NASB, NRSV,**
**TEV, NJB** **"'umasampalataya ka baga sa Anak ng Tao?"**
**NKJV** **"'umasampalataya ka baga sa Anak ng Diyos?"**

Ang sinaunag Griyego unsyal na manuskripto ng A at L ay mayroong "Anak ng Diyos," ngunit ang $P^{66}$, $P^{75}$, א, B, D, at W ay mayroong "Anak ng Tao." Mula sa pagkakagamit ni Juan at ang mga manuskripto na patunay ang "Anak ng Tao" ay mas higit na naaangkop, at posibleng ang orihinal. Ang $UBS^4$ ay nagbibigay ng "tao" ang "A" grado (tiyak). Ang katanungan ay gramatikong umaasa ng isang "oo" na sagot.

**9:36**
**NASB, NKJV,** **"Panginoon"**
**NRSV, TEV,**
**NJB** **"Ginoo"**

Makikita natin na ang teolohikal na pagyabong sa pananampalataya ng lalakeng ito ay nasa kabanata, habang ang lalake ay kumikilo sa pagtawag kay Hesus

1. isang lalake (v. 11)
2. papunta sa isang propeta (v.17)
3. patungo sa isang kagalang galang na titulo na "Ginoo" (v. 36)
4. papunta sa "Panginoon," sa buong teolohikal na pagkakagamit ng terminong ito (v. 38)

Ang Griyegong salita ay magkapareho sa parehong vv. 36 at 38. Tanging ang konteksto ang makakadetermina ng konotasyon. Tignan Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 6:20. Ang Griyegong *Kurios* ay maaring magpakita ng Hebreo *Adon*, na naging isang pasalitang pamalit sa YHWH.

**9:38** Ito ang rurok ng ulat, kung ang kaligtasan ng pinagaling na lalake ang iisipin. Nakakabigla na ang talata ito ay nawawala sa ilang mga sinaunang mga Griyegong manuskripto ($P^{75}$, א, W) at ang Diatessaron (isang sinaunang kombinasyon ng apat ba mga Ebanghelyo). Hindi ito naglalaman ng dalawang bihirang mga termin: (1) ang talata na "sinabi niya" ay lumitaw lamang dito at 1:23 at (2) ang terminong "siya ay sumamba" ay lumitaw lamang dito sa Juan. Ito ay kasama sa pinakamodernong mga salin.

**9:39 "Sa paghatol ay naparito ako sa sanglibutang ito"** Ito marahil ay nakalinya sa 5:22, 27 na nagsasabi ng pangwakas na panahong (ekastolohikal) na paghuhukom. Gayunpaman, ito ay parang sumasalungat sa 3:17-21 at 12:47, 48. Ito ay pwedeng maisaayos sa pamamagitan ng katotohanan na si Hesus ay dumating para sa layunin ng pagtutubos, ngunit ang mga tao ay tinanggihan ang Kanyang alok ay dagliang hinatulang ang kanilang mga sarili.

▣ **"upang ang mga hindi nakakakita ay mangakakita; at upang ang mga nakakakita, ay maging mga bulag."** Ito ay isang dobleng katuparan ng propesiya lalo na mula sa Isaiah.

1. ang mayabang na mga Israelita ay hindi naunawaan ang mensahe ng Diyos (cf. Isaias 6:10, 42:18-19; 43:8; Jeremias 5:21; Ezek. 12:2)
2. ang mahirap itinakwil, pisikal na apektado na nagsisi at nagpakumbaba ay mauunawaan (cf. Isaias 29:18; 32:3-4; 35:5; 42:7,16)

Si Hesus ang ilaw ng sanlibutan para sa lahat ng pumili na makakita (cf. 1:4-5, 8-9).

**9:40 "Kami baga naman ay mga bulag din?"** Ang Griyegong palaugnayan ay nag-aasam ng isang "hindi" na sagot (cf. Mateo 15:14; 23-24). Ang ilang huling mga talata ay nagpapakita na ang kabanatang ito ay isang ipinakitang palabas ng parabola ng espiritwal na kabulagan na hindi malulunasa (ang walang kapatawarang kasalanan ng hindi paniniwala, tignan Natatanging Paksa sa 5:21), at pisikal na pagkakabulag, na maaring mapagaling!

**9:41** Ang talatang ito ay nagpapahayag ng pangkalahatang katotohanan (cf. 15:22,24; Roma 3:20; 4:15; 5:13; 7:7,9). Ang mga tao ay nanatiling responsable para sa ilaw na mayroon sila o sa ilaw na nailantad sa kanila!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ang kabanata bang ito ay pangunahing may kaugnayan sa pisikal na kagalingan o sa espirtiwal na kagalingan? Pisikal na pagkakabulag o espiritwal na kagalingan?
2. Paanong ang lalakeng ito ay nagkasala bago pa man siya ipanganak?
3. Saang punto ng kabanatang ito nakatanggap ng kaligtasan ang lalake?
4. Si Hesus ba ay dumating sa sanlibutan upang hatulan ang mundo o iligtas ang mundo?
5. Ipaliwanag ang pinanggalingan ng terminong "Anak ng Tao."
6. Ilista ang mga punto ng ironya sa pagtugon ng bulag na lalake sa mga pinunong Hudyo.

# JUAN 10

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | JB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Parabula ng Pintuan ng Kulungan ng Tupa | Si Hesus ang Tunay na Pastol | Si Hesus, ang Pastol na Nagbibigay ng Kanyang Buhay | Ang Parabula ng Pastol | Ang Mabuting Pastol |
| 10:1-6 | 10:1-6 | 10:1-6 | 10:1-5 | 10:1-5 |
| | | | 10:6 | 10:6 |
| Si Hesus, ang Mabuting Pastol | Si Hesus, ang Mabuting Pastol | | Si Hesus, ang Mabuting Pastol | |
| 10:7-18 | 10:7-21 | 10:7-10 | 10:7-10 | 10:7-18 |
| | | 10:11-18 | 10:11-16 | |
| | | | 10:17-18 | |
| 10:19-21 | | 10:19-21 | 10:19-20 | 10:19-21 |
| | | | 10:21 | |
| Hesus, Tinanggihan ng mga Hudyo | Kilala ng Pastol ang Kanyang Tupa | | Tinanggihan si Hessu | Ang Pag-aangkin ni Hesus bilang Anak ng Diyos |
| 10:22-30 | 10:22-30 | 10:22-30 | 10:22-24 | 10:22-30 |
| | Panibagong Pagsisikap Na Batuhin si Hesus | | 10:25-30 | |
| 10:31-39 | 10:31-39 | 10:31-39 | 10:31-32 | 10:31-38 |
| | | | 10:33 | |
| | | | 10:34-38 | |
| | | | 10:39 | 10:39 |
| | Ang mga Mananampalataya Sa Ibayo ng Jordan | | | Ang Pag-alis ni Hesus sa sa Kabilang Panig ng Jordan |
| 10:40-42 | 10:40-42 | 10:40-42 | 10:40-42 | 10:40-42 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 10:1-6**

**[1]"Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, ang pumapasok sa hindi pintuan ng kulungan ng mga tupa kundi umaakyat sa ibang daan, ang gayon ay tulisan at magnanakaw. [2]Datapuwa't ang pumapasok sa pintuan ay siyang pastol ng mga tupa. [3]Binubuksan siya ng bantaypinto; at dinirinig ng mga tupa ang kaniyang tinig: at tinatawag ang kaniyang sariling mga tupa sa pangalan, at sila'y inihahatid sa labas. [4]Pagka nailabas na niya ang lahat ng sariling kaniya, ay pinangungunahan niya sila, at nagsisisunod sa kaniya ang mga tupa: sapagka't nakikilala nila ang kaniyang tinig. [5]At sa iba'y hindi sila magsisisunod, kundi magsisitakas sa kaniya: sapagka't hindi nila nakikilala ang tinig ng mga iba." [6]Sinalita ni Hesus sa kanila ang talinghagang ito: datapuwa't hindi nila napag-unawa kung anong mga bagay ang sa kanila'y sinasalita.**

**10:1 "Katotohanan, katotohanan"** Tingnan ang tala sa 1:51.

▣ **"kundi umaakyat sa ibang daan, ang gayon ay tulisan at magnanakaw"** Pansinin na mayroong ilan sa kulungan ng mga tupa na hindi kabilang sa mabuting pastol (cf. Mateo 7:21-23 at "ang Parabula ng Trigo at mga Panirang Damo," Mateo 13:24-30). Ang suliranin dito ay ang pagtatangka ng ilan na makamit sa pamamagitan pansariling pagsusumikap ang malayang inaalok ng Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Roma 3:19-31; 9:30-33; 10:2-4; Galacia 2:16; 5:4). Ang mga Fariseo ng kabanata 9 ay isang mabuting halimbawa.

**10:2 "Datapuwa't ang pumapasok sa pintuan ay siyang pastol ng mga tupa"** Mayroong isang napaka-liwanag na paghahalo ng mga talinghaga sa kabanatang ito. Si Hesus bilang pintuan ng kulungan ng mga tupa, v. 7, at Siya rin ang pastol ng mga tupa (vv. 11 and 14). Gayunman, ang paghahalong ito ng mga talinghaga ay hindi di-karaniwan sa Juan at sa NT.

1. Si Hesus ang tinapay at ang tagapagkaloob ng tinapay (cf. talata 6:35,51)
2. Si Hesus ang katotohanan at ang nagsasalita ng katotohanan (cf. vv. 8:45-46 and 14:6)
3. Si Hesus ang daan at ipinapakita Niya ang daan (14:6)
4. Si Hesus ang handog at Siyang nag-aalay ng handog (cf. ang Aklat ng mga Hebreo)

Ang titulong "pastol" ay karaniwang pamagat sa OT kapwa para sa Diyos at sa Mesias (cf. Awit 23; Awit 80:1; Isaias 40:10-11; I Pedro 5:1-4). Ang mga pinunong Hudyon ay tinawag na "mga bulaang pastol" in Jeremias 23; Ezekiel 34 and Isaias 56:9-12. Ang salitang "pastol" ay kaugnay ng salitang "pastor" (cf. Efeso 4:11; Tito 1:5,7).

**10:3 "dinirinig ng mga tupa ang kaniyang tinig"** Ang pagkilala at pagsunod ay nakabatay sa pakikipag-ugnayan. Sa Juan, kapwa "marinig" (cf. 4:42; 5:24,25,28-29; 8:47; 10:16,27; 18:37) at "makita" (cf. 3:3; 12:40; 20:8) ay ginamit sa paniniwala/pagtitiwala kay Hesus bilang Kristo.

▣ **"tinatawag ang kaniyang sariling mga tupa sa pangalan"** Pansarili at isa-isang nalalaman ni Hesus ang sa Kanya (katulad ng ginagawa ni YHWH, cf. 10:29-31). Ang mga pastol ay kadalasang may mga palayaw para sa kanilang mga hayop, kahit na sa mga malalaking kawan.

Ito ay isang teolohikal na pagkabigla na si Hesus ay tumatawag ng Kanyang totoong mga tupa mula sa huwad ng mga tupa ng bansa ni Judah. Ang mga tao ng tipan ay hindi mga totoong tao ng Diyos. Ito ang sukdulang pagpapahiya ng Bagong Tipan. Ang pananampalataya ng isa, hindi ng lahi, ang magpapasya ang hinaharap! Ang pananampalataya ay pansarili, hindi pambansa.

Ang mga pinunong Hudyo na sumalungat kay Hesus ay hindi kabilang sa mga tao ng Diyos (cf. v. 26)!

▣ **"sila'y inihahatid sa labas"** Ito ay hindi lamang tumutukoy sa kaligtasan, ngunit gayundin sa pang-araw-araw na gabay (cf. vv. 4 & 9).

**10:4** Ito ay maaaring isang pagtukoy sa kaugalian ng pangangalaga ng maraming iba't-ibang mga kawan sa isang kulungan sa gabi. Sa kinaumagahan, ang pastol ay tatawag at ang kanyang mga tupa ay lalapit sa kanya.

**10:5** Ang Iglesiya ay palaging nakikibaka sa mga bulaang pastol (cf. I Timoteo 4:1-3; II Timoteo 4:3-4; I Juan 4:5-6; II Pedro 2).

**10:6 "Sinalita ni Hesus sa kanila ang talinghagang ito"** Ito ay hindi karaniwang salita na isinasalin sa "parabula" (*parabolē*), ngunit ito ay nagmula sa katulad na salitang-ugat (*paroimian*). Ang anyong ito ay matatagpuan lamang dito at sa 16:25,29 at II Pedro 2:22. Bagaman ito ay naiibang anyo, ito ay tila kasing-kahulugan ng mas karaniwang salita na "parabula" (ginamit sa mga Ebanghelyong Sinoptiko). Ang salitang "parabula" ay karaniwang nangangahulugang paglalagay ng karaniwang pangyayaring pang-kultura kasama ang isang espirituwal na katotohanan upang makatulong sa pag-uunawa. Ito ay maaari, gayunman, na tumutukoy sa pagtatago ng katotohanan mula sa mga matang bulag sa espiritu. (cf. 16:29; Marcos 4:11-12).

▣ **"datapuwa't hindi nila napag-unawa"** Kung ang kabanata 10 ay kaugnay sa panahon ng kabanata 9, ang "sila" ay maaaring tumukoy sa mga Fariseo. Inaangkin nilang sila ay nakakakita (cf. 9:41), ngunit hindi sila nakakakita (cf. 10:20). Ang Relihiyon ay maaaring maging handlang, hindi isang tulay.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:7-10

**7Muli ngang sinabi sa kanila ni Hesus, "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ako ang pintuan ng mga tupa. 8Ang lahat ng nangauna sa aking nagsiparito ay mga magnanakaw at mga tulisan: datapuwa't hindi sila dininig ng mga tupa. 9Ako ang pintuan; ang sinomang taong pumasok sa Akin, ay siya'y maliligtas, at papasok at lalabas, at makasusumpong ng pastulan. 10Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito."**

**10:7 "Ako ang pintuan ng mga tupa"** Ito ay isa sa pitong mga kilalang pahayag na "Ako nga" ni Juan. Ang talinghagang ito ay binibigyang-diin ang katotohanan na si Hesus ang taning tunay na daan (cf. 8, 10; 14:6). Ito ay kadalasang tinatawag na kahihiyan ng pagtatangi ng ebanghelyo. Kung ang Bibliya ay pang-sariling pahayag ng Diyos, samakatuwid mayroong lamang nag-iisang daan upang maging tama sa Diyos—pananampalataya kay Kristo (cf. Gawa 4:12; I Timoteo 2:5). Tingnan ang tala sa 8:12.

**10:8 "Ang lahat ng nangauna sa aking nagsiparito ay mga magnanakaw at mga tulisan"** Dahil sa konteksto ng mga kabanata 9 at 10, ang Pista ng Pagtatalaga, Hanukkah (cf. 10:22), maaari itong tumukoy sa mga pagkukunwaring pang-mesias ng mga Macabeo at ng mga sumunod sa kanila sa panahon sa pagitan ng dalawang tipan. Ngunit, ito ay maaaring maiugnay sa mga talata sa OT na patungkol sa mga bulaang pastol (cf. Isaias 56:9-12; Jeremias 23; Ezekiell 34; and Zacarias 11).

Ang lubhang matalinghagang wika at malabong pinapatungkulan ay nagdulot sa mga manunulat na ibahin o palawigin ang talata sa kanilang pagtatangkang ipaliwanag ang kahulugan. Ang isang kasulataan ay (MS D) sadyang linaktawan ang napapabilang na salitang "lahat" at maraming mga sinauang kasulatan ($P^{45}$, $P^{75}$, $\aleph^{*}$) ay linaktawan ang pariralang "nauna sa akin."

**10:9 "ang sinomang taong pumasok sa Akin, ay siya'y maliligtas"** Ito ay isang a PANGATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na may PANGHINAHARAP NA BALINTIYAK NA PANDIWA. Si Hesus ay ang tanging daan sa Diyos (cf. 14:6). Ang PANDIWANG "maliligtas" sa kontekstong ito ay marahil na umuugnay sa kahulugan ng OT sa pisikal na katubusan (i.e., ang mga tupa ay ligtas). Ngunit Si Juan ay palaging pumipili ng mga salitang may dalawang magkasamang mga kahulugan . Ang kaunawaan sa espirituwal na kaligtasan ay hindi kinukulang mula din sa kontekstong ito. (cf. v. 42).

**10:10 "ang magnanakaw"** Ipinapakita nito ang mga lihim na layuni ng mga bulaang pastol. Ito rin ay naghahayag ng hangarin ng masamang isa! Ang saloobing ito ng mga pabayang mga bayarang manggagawa ay makikita sa vv. 12-13.

▣ **"pumuksa"** Tingnan ang susunod na Natatanging Paksa.

## NATATANGING PAKSA: PAGKAWASAK (*APOLLUMI)*

Ang salitang ito ay may malawak sinasakupang pang-semantiko, na nagdulot nang labis na pagkalito sa kaugnayan nito sa mga pagkaunawang teolohikal sa paghahatol at paglilipol. Ang pangunahing literal na kahulugan ay galing sa *apo* at *ollumi*, sumira, pumuksa.

Ang suliranin ay nanggaaling sa mga patalinghagang paggamit ng salita. Ito ay maliwanag na makikita sa *Greek-English Lexicon of the New Testament, Based On Semantic Domains*, tomo 2, p. 30 nila Louw and Nida. Ito ay nagtala ng maraming mga kahulugan ng salita

1. sirain (e.g., Mateo 10:28; Lucas 5:37; Juan 10:10; 17:12; Gawa 5:37; Roma 9:22 from tomo 1, p. 232)
2. nabigong makamit (e.g., Mateo 10:42, tomo 1, p. 566)
3. nawala (e.g., Lucas 15:8, tomo 1, p. 566)
4. walang kamalayan sa kinalalagyan (e.g., Lucas 15:4, tomo 1, p. 330)
5. kamatayan (e.g., Mateo 10:39, tomo 1, p. 266)

Si Gerhard Kittel, sa kanyang *Theological Dictionary of the New Testament*, tomo 1, p. 394, ay sinubukang ilarawan ang mga pagkakagamit sa pamamagitan ng pagtatala ng apat na mga kahulugan:

1. pumuksa o pumatay (e.g., Mateo 2:13; 27:20; Marcos 3:6; 9:22; Lucas 6:9; I Corinto 1:19)
2. mawalan o magdusa sa pagkakawala (e.g., Marcos 9:41; Lucas 15:4,8)
3. masawi (e.g., Mateo 26:52; Marcos 4:38; Lucas 11:51; 13:3,5,33; 15:17; Juan 6:12,27; I Corinto 10:9-10)
4. mawala (e.g., Mateo 5:29-30; Marcos 2:22; Lucas 15: 4,6,24,32; 21:18; Gawa 27:34)

Sinabi ni Kittel na, “sa pangkahalatan, masasabing ang #2 at #4 ay naging batayang mga pahayag na may kaugnayan sa mundong ito tulad ng sa Sinoptiko, samantalang ang #1 at #3 ay naging batayan ng may sa susunod na mundo, tulad nina Pablo at Juan” (p. 394).

Kalakip nito ang pamamalagi ng pagkalito. Ang salita ay may malawak na semantikong pagkagamit na ang iba’t-ibang mga may-akda sa NT ay ginagamit ito sa magkakaibang mga pamamaraan. Gusto ko ang sinulat ni Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, pp. 275-277. Inugnay niya ang salita sa mga tao na nawasak ang moralidad at naghihintay ng walang-hagang pagkakahiwalay sa Diyos laban sa mga taong nakikilala si Kristo at mayroong buhay na walang-hanggan sa Kanya. Ang huling pangkat ay “maliligtas,” subalit ang unang pangkat ay mawawasak.

Hindi personal na naiisip na ang salita ay nangangahulugang paglilipol o *annihilation* (cf. E. Fudge, *The Fire That Consumes*). Ang salitang “walang-hanggan” ay ginamit sa kapwa walang-hanggang kaparusahan at walang-hanggang buhay sa Mateo 25:46. Pagbaba ng isa ay pagbaba ng dalawa!

▣ **“ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito”** Ang pariralang ito ay madalas na sinisipi bilang isang pangako sa mga bagay na panlupa, ngunit sa konteksto, inuugnay ito sa pagkakilala nang personal kay Hesus at sa mga espirituwal na pagpapala, hindi sa kasaganahang materyal, na Kanyang ibinigay (ito ay katulad sa 4:14 at 7:38). Hindi ito pagkakaroon nang marami sa buhay na ito, ngunit sa pagkilala at pagkakaroon ng totoong buhay!

Gaya ng pagtala ng Sinoptiko sa pagbibigay-diin ni Hesus sa Kaharian ng Diyos, Tinala ni Juan ang pagbibigay-diin ni Hesus sa buhay na walang-hanggan. Ang isa ay maaaring magkaroon nito! Ang Kaharian ay pinasinayaan na!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:11-18

**[11]“Ako ang mabuting pastol: ibinibigay ng mabuting pastol ang Kaniyang buhay dahil sa mga tupa. [12]Ang nagpapaupa, at hindi ang pastol, na hindi may-ari ng mga tupa, ay nakikitang dumarating ang lobo, at pinababayaan ang mga tupa, at tumatakas, at inaagaw sila ng lobo, at pinapangangalat: [13]*Siya'y tumatakas* sapagka't siya'y upahan, at hindi ipinagmamalasakit ang mga tupa. [14]Ako ang mabuting pastol; at nakikilala Ko ang sariling akin, at ang sariling akin ay nakikilala Ako, [15]Gaya ng pagkakilala sa Akin ng Ama, at ng sa Ama ay pagkakilala Ko; at ibinibigay Ko ang aking buhay dahil sa mga tupa. [16]At mayroon Akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito: sila'y kailangan din namang dalhin Ko, at kanilang diringgin ang Aking tinig; at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastol. [17]Dahil dito'y sinisinta Ako ng Ama, sapagka't ibinibigay ko ang aking buhay, upang kunin Kong muli. [18]Sinoma'y hindi nag-aalis sa Akin nito, kundi kusa Kong ibinibigay. May kapangyarihan Akong magbigay nito, at may kapangyarihan Akong kumuhang muli. Tinanggap Ko ang utos na ito sa Aking Ama.”**

**10:11,14 “Ako ang mabuting pastol”** Ito ay isang titulo sa OT para sa Mesias (cf. Ezekiel. 34:23; Zacarias 11; I Pedro 5:4) at para kay YHWH (cf. Awit 23:1; 28:9; 77:20; 78:52; 80:1; 95:7; 100:3; Isaias 40:11; Jeremias 23:1; 31:10; Ezekiel. 34:11-16).

May dalawang Griyegong salita ang maaaring maisaling “mabuti”: (1) *agathos,* na kadalasang ginagamit sa Juan para sa mga bagay, at (2) *kalos,* na ginagamit sa *Septuagint* na tumutukoy sa mabuti bilang kabaliktaran sa masama. Sa NT mayroon itong mga kahulugan na “maganda,” “marangal,” “moral,” at “karapat-dapat.” Ang dalawang salitang ito ay ginagamit na magkasama sa Lucas 8:15. Tingnan ang tala sa 8:12.

**10:11 “ibinibigay ng mabuting pastol ang kaniyang buhay dahil sa mga tupa”** Ito ay tumutukoy sa mapanghaliling pagtubos ni Kristo para sa mga makasalanan (cf. vv. 11,15,17,18). Kusang-loob niyang ibinigay ang Kanyang buhay para sa makasalanang sangkatauhan (cf. Isaias 52:13-53:12; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Totoong buhay, masaganang buhay ay manggagaling lamang sa pamamagitang ng Kanyang kamatayan.

Si Bruce M. Metzger sa kanyang *A Textual Commentary on the Greek New Testament* ay may nakakawiling

> paksa sa talatang ito: “Sa halip na ang pahayag na ‘ialay ang siriling buhay,’ na katangian ng sulat ni Juan (10:15,17; 13:37,38; 15:13; I Juan 3:16), maraming mga nagpapatunay ($P^{45}$, א*, D) ang nagpapalit ng pahayag na ‘ibigay ang sariling buhay,’ na makikita sa mga Ebanghelyong Sinoptiko (Mateo 20:28; Marcos 10:45)” (p. 230).

**10:14 “nakikilala Ko ang sariling akin, at ang sariling akin ay nakikilala Ako”** Ito ay kahubuluan sa Hebreo ng salitang “makilala” (tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:10). Kung ang anak ay nakikilala ang Ama at ang Ama sa Anak, gayundin naman, nakikilala ni Hesus ang nagtitiwala sa Kaniya at Siya’s kilala nila. Sila ay “nakakita” at “nakaginig” (cf. v. 4) at tumugon (cf. 1:12; 3:16). Ang Kristiyanismo ay isang personal na pakikipag-ugnayan (cf. 17:20-26).

**10:15 “Gaya ng pagkakilala sa Akin ng Ama, at ng sa Ama ay pagkakilala Ko”** Ito ay isang nagpapatuloy na paksa ni Juan. Isinakatuparan at ipinahayag ni Hesus ang kanyang malalim na pakikipag-ugnayan sa Kanyang Ama.

Ang nakakagulat na pagakakatulad sa vv. 14-15 ay ang malalim na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Ama at Anak ay inihambing sa malalim na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng Anak at Kanyang mga tagasunod (cf. 14:23). Binigyan ng tuon ni

Juan ang Hebreong Salita na "makilala" bilang malalim na gnayan, hindi mga katotohanang pag-kaisipan lamang. Nakikilala ni Hesus ang Ama; ang sinumang nakakikilala kay Hesus, ay kilala ang Diyos!

**10:16 "At mayroon Akong ibang mga tupa, na hindi sa kulungang ito"** Ito ay isang pagkabanggit sa Isaias 56:6-8. Ang konteksto ay tila hinihingi na ito ay tumukoy sa (1) Mga Samaritano (cf. 4:1-42) o (2) Hentil na Iglesiya (cf. 4:43-54). Ito ay nagpapahayag ng pagkakaisa sa lahat ng gumaganap sa pananampalataya kay Kristo. Ang bagong kasunduan ay pinag-iisa ang mga Hudyo at mga Hentil (cf. Efeso 2:11-3:13; gayundin ang tala sa I Corinto 12:13; Galacia 3:28; Col. 3:11)! Pinagsama ang Genesis 3:15 at Juan 3:16!

▣ **"at sila'y magiging isang kawan, at magkakaroon ng isang pastol"** Ito ay palaging layunin ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo19:5-6). Ang teolohikal na aspeto ng pagkakaisang ito ay tinalakay sa Efeso 2:11-3:13 at 4:1-6.

**10:17 "Dahil dito'y sinisinta Ako ng Ama"** Kung ang Anak ay hindi pinilit na ibigay ang Kanyang buhay, ang Ama ay hindi pinilit sa ibigay ang Kanyang anak. Ito ay hindi dapat mangahulugang ang Diyos ay ginantimpalaan ang taong si Hesus dahil sa kanyang pagsunod (itong maling pananampalataya ay kadasaang tinatawag na *Adoptionism*, tingnan ang talahuluganan).

▣ **"sapagka't ibinibigay ko ang aking buhay, upang kunin Kong muli"** Ito tumutukoy sa muling pagkabuhay. Kadalasan sa NT ang Ama ang nagbabangon sa Anak (cf. 18b) na nagpapakita ng Kanyang pagtanggap sa Kanyang hain. Ngunit dito ang kapangyarihan ni Hesus sa Kanyang sarili ay binigyang-diin.

Ang pariralang ito ay isang napakahusay na pagkakataon upang ipakita na ang NT ay kadalasang inuukol ang mga gawa ng pagtubos sa lahat ng persona ng pagka-Diyos.

1. Ang Diyos Ama ang nagbangon kay Hesus (cf. Gawa 2:24; 3:15; 4:10; 5:30; 10:40; 13:30,33,34,37; 17:31; Roma 6:4,9; 10:9; I Corinto 6:14; II Corinto 4:14; Galacia 1:1;Efeso 1:20; Colosas 2:12; I Thesalonica 1:10)
2. Ang Diyos Anak ang nagbangon sa Kanyang sarili (cf. Juan 2:19-22; 10:17-18)
3. Ang Diyos Espiritu ang nagbangon kay Hesus (cf. Roma 8:11)

**10:18 "May kapangyarihan Ako"** Ito ay katulad na salita na ginamit sa 1:12. Ito ay maaaring maisalin bilang "may nasasakupan," "karapatang legal," or "kalakasan." Ang talatang ito ay nagpapakita ng kalakasan at kapangyarihan ni Hesus.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:19-21

**[19]At muling nagkaroon ng isang pagbabahabahagi sa gitna ng mga Hudyo dahil sa mga salitang ito. [20]At sinasabi ng marami sa kanila, "Mayroon siyang demonyo, at siya'y nauulol. Bakit ninyo siya pinakikinggan?" [21]Sinasabi ng mga iba, "Hindi sa inaalihan ng demonyo ang mga sabing ito. Maaari bagang ang demonyo ay makapagpadilat ng mga mata ng bulag?"**

**10:19** Gaya ng pagkakahati-hati sa mga pagpapalagay patungkol kay Hesus sa 6:52; 7:12,25,43; 9:16; 10:19-21; 11:36-37, ang paksang ito ay magpapatuloy sa Juan. Ang hiwaga ng ilang tumatanggap sa ebanghelyo at ang ibang tumatanggi rito ay pag-iigting ng pagtatalaga ng Diyos at malayang pag-pili ng tao!

**10:20 "Mayroon siyang demonyo, at siya'y nauulol"** Ito ay isang karaniwang paratang na ginawa laban kay Hesus mula sa dalawang magkaibang mga pananaw.

1. sa talatang ito, sa 7:20, ito ay ginamit upang sabihing si Hesus ay may sakit sa pag-iisip
2. ang katulad na paratang ay ginamit ng mga Fariseo upang ipaliwanag ang pinagmulan ang kapangyarihan ni Hesus (cf. 8:48,52)

**10:21** Ito ang dalawang mga tanong sa v. 21.

1. v. 21a ay may *ouk*, na inaasahan ang "oo" na sagot
2. v. 21b ay may *mē*, na inaasahan ang "hindi" na sagot

Tingnan si Jame Hewett sa, *New Testament Greek*, p. 171. Ang talatang ito nagpapakita, gayunman, nang pagiging mahirap at mabilis ng mga tuntunin sa Griyegong Koine. Konteksto, hindi ang anyong pang-barirala, ang magpapasiya sa huli.

Ang pagpapagaling sa mga bulag ay isang tanda ng Mesias (cf. Exodo 4:11; Awit 146:8; Isaias 29:18; 35:5; 42:7). May kahulugan ang pagpapakita ng pagkabulag ng Israel (cf. Isaias 42:19) dito gaya ng sa Kabanata 9.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:22-30

**[22]At ngayon ay Pista ng Pagtatalaga sa Herusalem; [23]Noo'y tagginaw, at naglalakad si Hesus sa templo sa portiko ni Solomon. [24]Nilibot nga siya ng mga Hudyo, at sa kaniya'y sinabi, "Hanggang kailan mo pa baga pag-aalinlanganin kami? Kung ikaw ang Kristo, ay sabihin Mong maliwanag sa amin." [25]Sinagot sila ni Hesus, "Sinabi Ko sa inyo, at hindi kayo nagsisampalataya; ang mga gawang ginagawa ko sa pangalan ng Aking Ama, ay siyang nangagpapatotoo sa Akin.**

**[26]Datapuwa't hindi kayo nagsisampalataya, sapagka't hindi kayo sa aking mga tupa. [27]Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking tinig, at sila'y Aking nakikilala, at sila'y nagsisisunod sa Akin: [28]At sila'y binibigyan Ko ng walang hanggang buhay; at kailan ma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa Aking kamay. [29]Ang Aking Ama, na sa *kanila* ay nagbigay sa Akin, ay lalong dakila kay sa lahat; at hindi sila maaagaw ninoman sa kamay ng Ama. [30]Ako at ang Ama ay iIsaias"**

**10:22 "Pista ng Pagtatalaga"** Tinatawag ito ni Josephus na "Pista ng mga Ilaw." Ito ay kilala sa ating kapanahunan bilang Hanukkah. Ito ay isang walong-araw na pista na nagaganap sa kalagitnaan ng Disyembre. Ipinapagdiwang nito ang muling pagtatalaga ng Templo sa Herusalem pagkatapos panghukbong tagumpay ni Judas Maccabeo noong 164 B.C. Noong 168 B.C., Si Antiocho IV Epiphanes, na isang pinunong *Seleucid*, ay sinubukang pilitin ang mga Hudyo sa mga kasanayang Helenistiko (cf. Daniel 8:9-14). Ginawa niyang isang paganong dambana ang Templo sa Herusalem na may altar ni Zeus sa Banal na Lugar. Si Judas Maccabeo, isa sa maraming anak ng saserdote sa Modin, ay tinalo ang nanakop na taga-Syria at nilinis at muling itinalaga ang templo (cf. I Macabeo 4:36-59; II Macabeo 1:18).

Ginagamit ni Juan ang mga pista na Judaismo bilang pagkakataon upang gamitin ni Hesus ang sagisag upang ihayag ang Kanyang sarili sa pamunong Hudyo, mga mamamayan ng Herusalem, at karamihan ng taong naglalakbay (cf. mga kabanatang 7-11).

▣ **"portiko ni Solomon"** Ito ay isang tinakpang lugar sa gawing silangang gilid ng Looban ng Kababaihan kung saan si Hesus ay nagturo. Sinabi ni Josephus na nakaligtas ito mula sa pagwasak ng Babylonya noong 586 B.C.

**10:23 "Noo'y tagginaw"** Ito ay isang paglalarawan ng saksi.

**10:24 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA KONDISYONAL na ipinapalagay na totoo mula pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Mayroong maraming MGA UNANG URING PANGUNGUSAP NA KONDISYONAL na nasa ganitong konteksto (cf. vv. 24, 35, 37, and 38). Ang ganitong paggamit sa v. 24 ay nagpapakita kung paano magagamit ang kayarian sa isang pampanitikang pagkaunawa. Ang mga Fariseo ay hindi totoong nananampalataya kay Hesus na siya Mesias; sila ay nagpapain sa Kanya.

▣ **"sabihin Mong maliwanag sa amin"** Maraming mga bagay ang dapat talakayin sa talatang ito. Una, si Hesus ay nagturo sa mga parabula, matalinghagang pananalita, at mga dualistkong pahayag na hindi malinaw ang kahulugan. Ang karamihan ng tao sa Templo ay nagnanais na ipahayag niya ang Kanyang sarili nang maliwanag. Tingnan sa Natatanging Paksa: *Parrhēsia* sa 7:4.

Pangalawa, ang mga Hudyo noong kapanahunan ni Hesus ay hindi inaasahan ang Mesias na siyang Diyos na nagkatawang-tao. Si Hesus ay tila nagpahiwating ng Kanyang pagiging isa sa Diyos sa maraming mga pagkakataon (cf. 8:56-59), ngunit sa kanilang konteksto, tinatanong nilang may katiyakan ang tungkol sa Mesias. Inaasam ng mg Hudyo na ang Isang Pinahiran ay kikilos tulad ni Moises (cf. Deuteronomio 18:15,19). Ginawa ni Hesus nang tamang-tama ang nasa kabanata anim. Ang kanyang mga gawa ang tumupas ng mga propesiya sa OT, lalong-lalo na ang pagpapagaling ng bulag (kabanata 9). Mayroon sila ng lahat ng katunayan na kailangan nila. Ang suliranin ay hindi umangkop si Hesus sa kanilang mga inaasahang sa Mesias na tradisyonal na pang-hukbo at pambansa.

**10:25 "ang mga gawang ginagawa ko sa pangalan ng Aking Ama, ay siyang nangagpapatotoo sa Akin"** Binigyang-diin ni Hesus na ang kanyang mga gawa ay nagpapatunay ng kanyang mga pag-aangkin (cf. 2:23; 5:36; 10:25,38; 14:11; 15:24).

**10:26** Isang nakakagulat na pahayag!

**10:28 "sila'y binibigyan Ko ng walang hanggang buhay"** Ang buhay na walang hanggan ay maitatangi sa dami at uri. Ito ay buhay ng bagong panahon. Ito ay maaari nang makamit sa pamamagitan ng pananampalatay kay Kristo (cf. 3:36; 11:24-26).

▣ **"kailan ma'y hindi sila malilipol, at hindi sila aagawin ng sinoman sa Aking kamay"** Ito ay isang DALAWAHANG NEGATIBO na may PANG-GITNANG AORIST NA PASAKALI. Ito ay isa sa pinakamalakas na mga talata patungkol sa kasiguruhan ng mga mananampalataya saanman sa NT (cf. 6:39). Maliwanag na ang tanging makakapaghiwalay sa atin sa pag-ibig ng Diyos ay ating mga sarili (cf. Roma 8:38-39; Galacia 5:2-4). Ang katiyakan (Tingnan sa Natatanging Paksa sa I Juan 5:13) ay dapat na <u>balanse</u> as patitiyaga (tingnan sa Natatanging Paksa sa 8:31). Ang katiyakan ay dapat na <u>nakabatay</u> sa katangian at mga pagkilos ng Trinidad na Diyos.

Ang Ebanghelyo ni Juan ay nagpapahayag ng katiyakan sa mga magpapatuloy na ilagak ang kanilang pananampalataya kay Kristo. Ito ay nagsisimula sa panimulang pagpapasiya ng pagsisisi ng kasalanan at pananampalataya at mga suliranin sa buhay-pananampalataya. Ang suliraning teolohikal ay kung ang personal na pakikipag-ugnayan ay dinudungisan ng mga gawang ating tinataglay ("minsang naligtas, laging naligtas"). Ang nagpapatuloy na pananampalataya ay katunayan ng isang totoong kaligtasan (cf. Hebreo, Santiago, at I Juan).

**10:29**
**NASB, NKJV "Ang Aking Ama, na sa *kanila* ay nagbigay sa Akin, ay lalong dakila kay sa lahat"**
**NRSV "Kung ano ang binigay sa akin ng ama ay mas dakila sa lahat ng iba pa"**
**TEV "Kung anong binigay sa akin ng ama ay mas dakila sa lahat ng bagay"**
**NJB "Ang Ama, para sa binigay Niya sa Akin, ay lalong dakila sa kanino man"**

Ang tanong ay kung ano ang LAYON ng pariralang, "lalong dakila": (1) ang mga taong ibinigay ng Diyos kay Hesus (NRSV, TEV) or (2) ang Diyos sa Kanyang sarili (NASB, NKJV, NJB). Ang pangalawang bahagi ng talata nagpapahiwatig na mayroong sumusubok na agawin ang mga taga-sunod ni Hesus. Sa teolohiya, ang pangalawa ay ang pinaka tugma. Tingnan ang Natatanging Paksa ng Katiyakan sa 6:37.

Ito ay isang kamangha-manghang talata sa katiyakan ng mga mananampalataya batay sa kapangyarihan ng Ama! Ang katiwasayan ng mga mananampalataya, tulad ng lahat na mga biblikal na katotohanan, ay ipinakilala sa isang puno ng pag-iigting at pang-kasunduang huwaran. Ang pag-asa at katiyakan ng kaligtasan ng mga mananampalataya ay nasa katangian ng Trinidad na Diyos, ang Kanyang awa at biyaya. Gayunpaman, ang mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya. Ang kaligtasan ay nagsisimula sa isang pagpapasya ng pagsisisi at pananampalataya na paunang pag-gabay ng Espiritu. Ito rin ay isang isyu ng nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalataya, pagsunod at pagtitiyag! Ang kaligtasan ay hindi isang bunga (pagsisiguro sa buhay, tiket sa langit), ngunit isang lumalagong personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo.

Ang kapanipaniwalang pagpapatunay ng isang tamang pagkikipag-ugnayan sa Diyos ay isang nabago at nagbabagong buhay pananampalataya at paglilingkod (cf. Mateo 7). Mayroong kakaunting biblikal na katunayan para sa isang karnal na Kristiyano (cf. I Corinto 2-3). Ang pamantayan ay ang pagiging kawangis kay Kristo ngayon, hindi lang basta sa langit kapag tayo ay namatay. Walang pagkukulang sa biblikal na katiwasayan at katiyakan sa kanilang nagsisilago, nagsisilingkod, kahit na nakikipaghamok sa kasalanan. Ngunit, kung walang bunga, walang ugat! Ang kaligtasan ay sa biyaya lamang, sa pamamagitan ng pananampalataya lamang, ngunit ang totoong kaligtasan ay magbubunga ng "mga mabubuting gawa" (cf. Efeso 2:10; Santiago 2:14-6).

**10:30-33 "Ako at ang Ama ay iIsaias . . Nagsidampot uli ng mga bato ang mga Hudyo upang Siya'y batuhin**" Ito ay isa sa mga matatalag na pahayag ni Hesus sa Kanyang pagka-Mesias at pagka-Diyos (cf. 1:1-14; 8:58; 14:8-10, lalo na ang 17:21-26, na gumagamit din ang salitang "isa"). Nauunawaan nang lubusan ng mga Hudyo kung ano ang Kanyang sinasabi at ibinibilang itong pamumusong sa Diyos (cf. v. 33; 8:59). Babatuhin nila Siya batay sa Lev. 24:16.

Sa naunang pagtatalo sa persona ni Kristo (i.e., *Arius* – ang panganay; *Athanasius* – lubos na Diyos) v. 30 and 14:9 ay madalas gamitin ni Athanasius (Tingnan sa *The Cambridge History of the Bible*, tomo 1, p. 444). Para sa "Arianismo" tingnan sa Talahuluganan.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 10:31-39

**31Nagsidampot uli ng mga bato ang mga Hudyo upang Siya'y batuhin. 32Sinagot sila ni Hesus, "Maraming mabubuting gawa na mula sa Ama ang ipinakita Ko sa inyo; alin sa mga gawang yaon ang ibinabato ninyo sa Akin?" 33Sinagot Siya ng mga Hudyo, "Hindi dahil sa mabuting gawa ay binabato ka namin, kundi sa pamumusong; at sapagka't Ikaw, bagaman Ikaw ay tao, ay nagpapakunwari Kang Diyos. 34Sinagot sila ni Hesus, "Hindi baga nasusulat sa inyong kautusan, 'AKING SINABI, KAYO'Y MGA DIYOS? 35Kung tinawag niyang mga Diyos, yaong mga dinatnan ng salita ng Diyos (at hindi mangyayaring sirain ang kasulatan), 36Sinasabi baga ninyo tungkol sa Kaniya, na pinabanal ng Ama at sinugo sa sanglibutan, 'Ikaw ay namumusong,' sapagka't sinasabi Ko, 'Ako ang anak ng Diyos'? 37Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa ng Aking Ama, ay huwag ninyo Akong sampalatayanan. 38Datapuwa't kung ginagawa Ko, ang mga yaon kahit hindi kayo magsisampalataya sa Akin, ay magsisampalataya kayo sa mga gawa; upang maalaman ninyo at mapag-unawa na ang Ama ay nasa Akin, at Ako'y nasa Ama." 39Muling pinagsikapan nilang Siya'y hulihin: at Siya'y tumakas sa kanilang mga kamay.**

**10:31** Ang talatang ito ay tumutukoy sa mga pahayag ni Hesus sa v. 30. Sinagot ni Hesus ang kanilang mga paratang sa isang hindi pangkaraniwang rabinikal na pangangatuwiran. Ito ay karaniwang paglalaro ng salitang *Elohim*, na isang katawagan sa OT para sa Diyos (cf. Genesis 1), ngunit sa anyo ay PANGMARAMIHAN at kadalasang ginagamit sa kapwa mga anghel at mga taong namumuno (mga hukom). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan sa Pagka-Diyos sa 6:20.

**10:32** Ang mabuting (*kalos*) pastol ay gumagawa ng mabuting (*kalos*) mga gawa galing sa Ama.

**10:33 "sa pamumusong"** Nalalaman ni Hesus na tama ang pagkakaunawa nila sa Kaniyang pag-aangkin ng pagiging-isa kasama ng Ama.

**10:34 "sa inyong kautusan"** Sinipi ni Hesus mula sa mga Awit ngunit tinawag itong "ang Kautusan" (i.e., ang Torah ay nangangahulugang "mga katuruan," cf. 12:34; 15:25; Roma 3:9-19). Ang salitang Kautusan ay kadalasang tumutukoy mga kasulatan ni Moises (Torah), Genesis-Deuteronomio. Ipinapakita nito ang mas malawak ng gamit ng salita na sumasakop sa

buong OT.

▣ **"KAYO'Y MGA DIYOS"** Ginamit ni Hesus ang sipi galing sa Awit 82:6. Ginamit nito ang *elohim* na tumutukoy sa mga taong hukom (Tingnan ang *Elohim* sa Natatanging Paksa sa 6:20). Ang mga hukom (bagaman napakasama) ay tinawag na "mga anak ng Kataas-taasan." Ang mga Hudyong ito ay umuusig kay Hesus dahil datapwat Siya ay isang tao Siya ay nag-aakin bilang: (1) ang Anak ng Diyos at (2) isa kasama ng Diyos. Ngunit ang ibang tao (cf. Exodo 4:16; 7:1; 22:8,9; Awit 82:6; 138:1) ay tinawag na "mga Diyos."

Ang rabinikal na pangangatuwiran ni Hesus ay tila sumusod sa ganitong pahayag: ang Banal na Kasulatan ay totoo, ang mga tao ay tinatawag na *elohim*, samakatuwid, bakit ninyo Ako tinatawag na isang namumusong sa pagsasabing Ako ang Anak ng Diyos? Ang salitang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN sa Hebreo ngunit isinalin sa PANG-ISAHAN at gumamit ng isang PANG-ISAHANG PANDIWA tuwing tumutukoy sa pagka-Diyos sa OT. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan para sa Pagka-Diyos sa 6:20. Ito ay maaaring karaniwang paglalaro ng salita ni Juan: (1) ang salita ay may dalawang mga kahulugan at (2) isang tanong na Griyego na inaasahan ang isang "oo" na sagot.

**10:35 "(at hindi mangyayaring sirain ang kasulatan)"** Kadalasang nagbibigay-puna si Juan sa mga pakikipag-usap ni Hesus. Walang katiyakan kung ang pahayag ay kay Hesus o Juan. Subalit, yamang kapwa ay magkasamang kinasihan, hindi na ito mahalaga. Ang layon ng sipi ay ang pagiging mapagkakatiwalaan ng Banal na Kasulatan. Si Hesus at ang mga Apostol ang OT at kanilang mga pagpapaliwag nito bilang totoong mga salita ng Diyos (cf. Mateo 5:17-19; I Corinto 2:9-13; I Thesalonica 2:13; II Timoteo 3:16; I Pedro 1:23-25; II Pedro 1:20-21; 3:15-16).

Si Opispo H. C. G. Moule sa *The Life of Bishop Moule* ay nagsasabing,

> "Siya [Kristo] sukdulang nagtiwala sa Bibliya, at, bagaman may mga bagay ditto na hindi maipaliwanag at pasikot-sikot na nakapagbigay sa akin ng napakaraming palaisipan, Ako ay magpapatuloy, hindi sa bulag na pagkaunawa, ngunit may buong paggalang na magtitiwala sa Aklat dahil sa Kaniya" (p. 138).

**10:36** Sa talatang ito, inaangkin ni Hesus na pinili Siya ng Ama (o "itinalaga" or "binanal") at sinugo Siya (bilang mesias). Siya ay may katiyakan ngayon na magkarron ng karapatang na tawaging "anak ng Diyos." Bilang mga hukom ng Israel na kumatawan sa Diyos (cf. Awit 82:6), Siya ay kumakatawan sa Ama sa salita at sa gawa. Tingnan ang Natatanging Paksa: Sinugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**10:37** Ito mismo ang sinabi ng vv. 19-21. Ang mga himala ni Hesus ay nagpapakita ng mga pagkilos ng Diyos.

**10:37,38 "Kung. . .kung"** Ito ay mga UNANG URING PANGUNGUSAP NA KONDISYONAL. Tinupan ni Hesus ang mga gawa ng Ama. Kung magkagayon, sa makatuwid, dapat silang maniwala sa Kanya, na may katiyakan na Siya at ang Ama ay iisa (cf. vv. 30,38). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pamamalagi sa I Juan 2:10.

**10:39** Ito ay isa sa maraming pagkakataon na natakasan ni Hesus ang mga nagtangkang manakit sa Kaniya (cf. Lucas 4:29-30; Juan 8:59). Walang katiyakan kung ang mga pagtakas na ito ay dahil sa (1) isang mahimalang pangyayari o (2) ang pisikal nag pagkakahawig ni Hesus sa bawat-isa, na nagpahintulot sa Kanya na maglaho sa karamihan ng tao.

### TALATA SA NASB (BINAGO): 10:40-42

[40]**At Siya'y muling naparoon sa dako pa roon ng Jordan sa dako nang una'y pinagbautismuhan ni Juan; at Siya'y tumira doon.** [41]**At marami ang mga nagsiparoon sa Kaniya; at kanilang sinabi, "Katotohanang si Juan ay hindi gumawa ng tanda, nguni't lahat ng mga bagay na sinalita ni Juan tungkol sa taong ito ay totoo."** [42]**At marami ang mga nagsisampalataya sa Kaniya roon.**

**10:40** Ito ay tumutukoy sa lugar sa hangganan ng Jordan sa ibayo mula sa Jericho, malapit sa isang lungsod na tinatawag na Bethanya.

**10:41** Muli, si Juan ay nagpahayag ng pagpapatunay ni Juan Bautista kay Hesus (cf. 1:6-8,19-42; 3:22-30; 5:33)! Maaari nitong handlangan ng ilan sa mga maling pananampalataya na umuusbong sa paligid ni Juan Bautista.

**10:42** Katulad ng pagtanggi ng mga pinunong Hudyo kay Hesus, gayundin ang pagtungon ng maraming karaniwang tao (mga tao ng lupain) sa pananampalataya sa Kaniya (cf. 2:23; 7:31; 8:30). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:23.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang

Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit lubhang madalas pinagsasama ni Juan ang kanyang mga talinghaga (Halimbawa: "Si Hesus ay kapwa ang pinto ang dinaraanan ng mga tupa at ang mabuting pastol")?
2. Ano ang batayan sa OT ng Juan 10?
3. Ano ang kahalagahan ng "pag-aalay ng buhay" ni Hesus?
4. Bakit nagpapatuloy ang mga Hudyo sa pagpaparatang kay Hesus na nasaniban ng demonyo?
5. Bakit mahalaga ng mga gawain ni Hesus?
6. Paano natin maiuugnay ang "katiwasayan ng mga mananampalataya" sa "kasigasigan ng mga banal?"

# JUAN 11

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Kamatayan ni Lazaro | Ang Kamatayan ni Lazaro | Ang Pagbangon ni Lazaro | Ang Kamatayan ni Lazaro | Ang Pagkabuhay ni Lazaro |
| 11:1-16 | 11:1-16 | 11:1-6 | 11:1-4 | 11:1-4 |
| | | | 11:5-7 | 11:5-10 |
| | | 11:7-16 | | |
| | | | 11:8 | |
| | | | 11:9-11 | |
| | | | | 11:11-16 |
| | | | 11:12 | |
| | | | 11:13-15 | |
| | | | 11:16 | |
| Si Hesus ang Pagkabuhay at ang Buhay | Ako ang Pagkabuhay at Ang Buhay | | Si Hesus ang Pagkabuhay at ang Buhay | |
| 11:17-27 | 11:17-27 | 11:17-27 | 11:17-19 | 11:17-27 |
| | | | 11:20-22 | |
| | | | 11:23 | |
| | | | 11:24 | |
| | | | 11:25-26 | |
| | | | 11:27 | |
| Nanangis si Hesus | Si Hesus at Kamatayan, Ang Huling Kaaway | | Nanangis si Hesus | |
| 11:28-37 | 11:28-37 | 11:28-37 | 11:28-31 | 11:28-31 |
| | | | 11:32 | 11:32-42 |
| | | | 11:33-34a | |
| | | | 11:34b | |
| | | | 11:35-36 | |
| | | | 11:37 | |
| Si Lazaro ay Nabuhay | Si Lazaro ay Nabuhay mula Sa mga Patay | | Si Lazaro ay Nabuhay | |
| 11:38-44 | 11:38-44 | 11:38-44 | 11:38-39a | |
| | | | 11:39b | |
| | | | 11:40-44 | |
| | | | | 11:43-44 |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ang Planong Pagpatay kay Jesus | Ang Planong Pagpatay kay Jesus | | Ang Planong Pagpatay kay Jesus | Ang mga Pinunong Hunyo ay Nagpasya sa Kamatayan ni Jesus |
| 11:45-53 | 11:45-57 | 11:45-53 | 11:45-48 | 11:45-54 |
| | | | 11:49-52 | |
| | | | 11:53-54 | |
| 11:54 | | 11:54 | | Ang Paskwa ay malapit na |
| 11:55-57 | | 11:55-57 | 11:55-57 | 11:55-57 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## ANG TEOLOHIKAL NA PAGLALAGOM

Ang teolohikal na kahalagahan ng kabanata 11 ay:

1. Ang pagpapatuloy ng pagpapakita ng kapangyarihan at pamumuno ni Hesus.
2. Ang kamatayan ni Lazaro ay nasa panukala ng Diyos upang mabigyang pagkakataon si Hesus na maluwalhati (cf. 9:3).
3. Ang pakikipag-usap ni Marta kay Hesus ay nagbigay ng pagkakataon para sa kanyang dakilang pagtatapat at ang karagdagang pahayag ni Hesus sa Kanyang sarili (i.e., ang pagkabuhay at ang buhay, v. 25).
4. Ang pagkakaloob ni Hesus ng buhay na walang hangan (naisakatuparang *eschatology*). Ito ay sinasagisag sa pagkabuhay ni Lazaro. Si Hesus ay may kapamahalaan sa kamatayan!
5. Kahit na sa harap ng makapangyarihang himala, nagpapatuloy ang kawalang pananampalataya (i.e. ang walang kapatawarang kasalanan, tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:21)!

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 11:1-16

**1 Isang tao nga na may-sakit, si Lazaro na taga Betania, na nayon ni Maria at ni Marta na kaniyang kapatid. 2 At**
**ito'y yaong si Maria na nagpahid sa Panginoon ng pabango, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok,**
**na ang kaniyang kapatid na si Lazaro ay may-sakit. 3 Nagpasugo nga sa kaniya ang mga kapatid na babae, na nagsasabi,**
**Panginoon, narito, siya na iyong iniibig ay may-sakit. 4 Nguni't pagkarinig ni Hesus nito, ay sinabi niya, Ang sakit na ito'y**
**hindi sa ikamamatay, kundi sa ikaluluwalhati ng Diyos, upang ang Anak ng Diyos ay luwalhatiin sa pamamagitan niyaon.**
**5 Iniibig nga ni Hesus si Marta, at ang kaniyang kapatid na babae, at si Lazaro. 6 Nang mabalitaan nga niya na siya'y may-**
**sakit, siya'y tumahang dalawang araw nang panahong yaon sa dating kinaroroonan niya. 7 Saka pagkatapos nito ay sinabi**
**niya sa mga alagad, Tayo nang muli sa Judea. 8 Sinabi sa kaniya ng mga alagad, Rabi, ngayo'y pinagsisikapang batuhin ka**
**ng mga Hudyo; at muli kang paroroon doon? 9 Sumagot si Hesus, Hindi baga ang araw ay may labingdalawang oras?**
**Kung ang isang tao'y lumalakad samantalang araw, ay hindi siya natitisod, sapagka't nakikita niya ang ilaw ng**
**sanglibutang ito. 10 Nguni't ang isang taong lumalakad samantalang gabi, ay natitisod siya, sapagka't walang ilaw sa**
**kaniya. 11 Ang mga bagay na ito'y sinalita niya: at pagkatapos nito'y sinabi niya sa kanila, Si Lazaro na ating kaibigan ay**
**natutulog; nguni't ako'y paroroon, upang gisingin ko siya sa pagkakatulog. 12 Sinabi nga ng mga alagad sa kaniya,**
**Panginoon, kung siya'y natutulog, ay siya'y gagaling. 13 Sinalita nga ni Hesus ang tungkol sa kaniyang pagkamatay:**

**datapuwa't sinapantaha nila na ang sinalita ay ang karaniwang pagtulog. [14]Nang magkagayon nga ay sinabi sa kanila ni Hesus ng malinaw, Si Lazaro ay patay. [15]At ikinagagalak ko dahil sa inyo rin na ako'y wala roon, upang kayo'y magsipaniwala; gayon ma'y tayo na sa kaniya. [16]Si Tomas nga, na tinatawag na Didimo, ay nagsabi sa mga kapuwa niya alagad, Tayo'y magsiparoon din naman, upang tayo'y mangamatay na kasama niya.**

**11:1 "Isang tao nga na may-sakit"** Ito ay isang DI-GANAP NA PAMANAHON. Ito ay nagpapahiwatig ng mahabang panahong pagkakasakit. Subalit, ang DI-GANAP NA PAMANAHON ay maaaring maunawaan bilang "pagsisimula ng pagkakasakit."

▣ **"Lazaro"** Ito ay ang Hebreong pangalang "Eleazer," na nangangahulugang "ang Diyos ay tumutulong" o "ang Diyos ang patnubay." Ipinalalagay ni Juan na ang mga mambabasa ay nalalaman ang pakikipagkaibigan ni Hesus kina Maria, Marta, at Lazaro (cf. Lucas 10:38-42, na nag-iisang nagbanggit sa kanila sa Ebanghelyong Sinoptiko).

▣ **"Betania"** Ito ay iba pang lugar kaysa sa Betania na nabanggit sa 1:28 at 10:40, na malapit sa Jericho sa dako ng Ilog JorDaniel Ang Betaniang ito ay halos dalawang milya sa timog-silangan ng Herusalem sa katulad na gulod ng Bundok Olivo. Ito ang paboritong pinaglalagian ni Hesus habang nasa Herusalem.

▣ **"Maria"** Ito ang Hebreong pangalang "Miriam."

▣ **"Marta"** Ito ay Aramaikong salita para sa for "kinakasama." Ito ay di-karaniwan na si Marta, ang pinakamatanda, ay hindi unang binanggit; maaaring iugnay sa Lucas 10:38-42.

**11:2 "ito'y yaong si Maria na nagpahid sa Panginoon ng pabango, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok"** ang talata 2 ay isa na namang karagdagang editoryal ni Juan (i.e., TEV, NET). Ang tala ng pagmamalasakit ni Maria (cf. 12:2-8) ay katulad sa kapwa Mateo (cf. 26:6-13) at Marcos (cf. 14:3-9). Ang babaeng nabanggit sa katulad na pagpapahid sa Lucas 7:36ff ay ibang babae.

Ang talatang ito ay naglalarawan ng isang pangyayaring hindi pa natala sa Ebanghelyo. Ito ay naitala sa kabanata 12. Maraming nagpapalagay na ito ay nagpapahiwatig na inaasahan ni Juan na nalalaman ng mga mambabasa ang pamilyang ito sa ibang mga ibang pinanggalingan.

## NATATANGING PAKSA: ANG PAGPAPAHID SA BIBLYA (BDB 603)

A. Ginagamit sa pagpapaganda (cf. Deuteronomio 28:40; Ruth 3:3; II Samuel 12:20; 14:2; II Cronika 28:15; Daniel 10:3; Amos 6:6; Micah 6:15)
B. Ginagamit para sa mga panauhin (cf. Awit 23:5; Lucas 7:38,46; Juan 11:2)
C. Ginagamit para sa pagpapagaling (cf. Isaias 61:1; Jeremias 51:8; Marcos 6:13; Lucas 10:34; Santiago 5:14) [ginamit para sa kahulugang pangkalinisan sa Ezekiel 16:9]
D. Ginagamit para sa paghahanda ng paglilibing (cf. Genesis 50:2; II Cronika 16:14; Marcos 16:1; Juan 12:3,7; 19:39-40)
E. Ginagamit para sa kahulugang pang-relihiyon (ng isang bagay, cf. Genesis 28:18; 31:13 [isang haligi]; Exodo 29:36 [ang altar]; Exodo 30:26; 40:9-16; Levitico 8:10-13; Bilang 7:1 [ang tabernakulo])
F. Ginagamit sa pagtatalaga ng mga pinuno
   1. Mga saserdote
      a. Aaron (Exodo 28:41; 29:7; 30:30)
      b. Mga anak ni Aaron (Exodo 40:15; Levitico 7:36)
      c. pamantayang parirala o titulo (Bilang 3:3; Levitico 16:32)
   2. Mga Hari
      a. ng Diyos (cf. I Samuel 2:10; II Samuel 12:7; II Hari 9:3,6,12; Awit 45:7; 89:20)
      b. ng mga propeta (cf. I Samuel 9:16; 10:1; 15:1,17; 16:3,12-13; I Hari 1:45; 19:15-16)
      c. ng mga saserdote (cf. I Hari 1:34,39; II Hari 11:12)
      d. ng mga matatanda (cf. Hukom 9:8,15; II Samuel 2:7; 5:3; II Hari 23:30)
      e. ni Hesus bilang Haring Mesias (cf. Awit 2:2; Lucas 4:18 [Isaias 61:1]; Gawa 4:27; 10:38; Hebreo 1:9 [Awit 45:7])
      f. mga taga-sunod ni Hesus (cf. II Corinto 1:21; I Juan 2:20,27 [*chrisma*])
   3. marahil ng mga propeta (cf. Isaias 61:1)

4. mga kaparaan ng pagtubos ng Diyos mula sa di-mananampalataya
    a. Cyrus (cf. Isaias 45:1)
    b. Hari ng Tiro (cf. Ezekiel 28:14, na kung saan siya ay gumamit ng talinghaga ng Edom)
5. salita o titulo sa "Mesias" na nangangahulugang "isang Pinahiran" (BDB 603)

**11:3 "ang mga kapatid na babae, na nagsasabi"** Sila ay nagpadala ng mensahe kay Hesus, na nasa Perea, sa kabila ng Jordan.

▣ **"siya na iyong iniibig ay may-sakit"** Ito ay nagpapakita ng natatanging pakikipag-ugnayan ni Hesus sa pamiyang ito. Ito ang Griyegong salitang *phileō*. Datapwat, sa Griyegong *Koine*, ang mga salitang *phileō* and *agapaō* ay nagpapalitan (cf. v. 5; 3:35; 5:20).

**11:4 "Ang sakit na ito'y hindi sa ikamamatay, kundi sa ikaluluwalhati ng Diyos"** Ito ay nagpapahiwatig na nalalaman ni Hesus na si Lazaro ay may-sakit. Pinahintulutan Niyang siya'y mamatay upang ang Ama ay maipakita ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan Niyang magpapabangon sa kanya mula sa kamatayan. Ang pagkakasakit at pagdurusa ay minsa'y kalooban ng Diyos (cf. 9:3; ang aklat ng Job; II Corinto 12:7-10).

▣ **"ang kaluwalhatian ng Diyos"** Ang mga gawa ni Hesus ay naghahayag ng "kaluwalhatian ng Diyos." Tingnan ang tala sa 1:14.

▣ **"upang ang Anak ng Diyos ay luwalhatiin sa pamamagitan niyaon"** Ang pariralang DYENITIBO "ng Diyos" ay wala sa makalumang Griyegong mga kasulatang *papyri* $P^{45}$ o $P^{66}$. Ang pagkakasakit ay nagdudulot ng kaluwalhatian sa kapwa Ama at Anak. Ang kaluwalhatian ni Hesus sa pagkakataong ito ay ibang-iba sa inaasahan ninumanthan. Sa buong Ebanghelyo ni Juan, ang salita ay tumutukoy sa pagpapapako ni Hesus at ang Kanyang kaluwalhatian. Ang pagbibigay-malay kay Lazaro ay magdudulot sa mga pinunong Hudyo sa hingin ang kamatayan ni Hesus.

**11:5** Isapang pagpunang editoryal ni Juan (cf. v. 36).

**11:6 "siya'y tumahang dalawang araw nang panahong yaon sa dating kinaroroonan niya"** Nagpaliban si Hesus hangang mamatay si Lazaro! Si Hesus as walang tinatangi. May layunin pagka-Diyos ang kanyang karamdaman (cf. v. 15; 9:3).

**11:7 "Saka pagkatapos nito ay sinabi niya sa mga alagad, Tayo nang muli sa Judea"** Ang mga sumunod na pakikipag-usap ay nagpapakita na ang mga alagad ay nalalamang nais batuin ng mga Hudyo si Hesus (cf. v. 8; 8:54; 10:31,39). Ang mga alagad ay nagpapakita ng isang kakaibang paghahalo ng kapwa pananampalataya at pagkatakot (cf. v. 16). Si Tomas ay kadalasang ipinalalagay na nagdududang alagad, ngunit dito siya ay nakahandang mamatay kamasa ni Hesus (cf. v. 16).

Si Michael Magill sa, *NT TransLine* (p. 345 #43) ay gumawa ng mabuting pagmamasid na ang "tayo na" ng v. 7 ay nabago sa "ngunit ako'y pupunta" ng v. 11. Ang mga alagad ay natatakot at nagdududa, ngunit si Hesus ay may katiyakan. Si Tomas ang sumama kay Hesus (tayo na) sa v. 16!

**11:9-10** Ito ay maaaring isang paraan ng pag-uugnay ng kabanata pabalik sa kabanata 8:12 at 9:4-5 (cf. 12:35). Ang talatang 9a ay inaasahan ang "oo" na sagot.

May maliwanag na pagkakaiba sa pagitan ng mga sumusod sa kalooban ng Diyos (i.e., Hesus) at silang hindi sumusunod (v. 10, sa mga Hudyo). Si Hesus ay hindi nagkamali sa pagpunta kung saan ang Diyos ang nangunguna sa Kanya, dahil siya ang ilaw ng sanlibutan!

Ang pagkakaibang ito sa pagitan ng liwanag at dilim ay ang katangian ng mga pang-Hudyong Panitikang Karunungan at ang mga sulat ng Qumran (i.e., "Ang balumbon ng mga Anak ng Liwanag laban sa mga Anak ng Kadiliman" o ang mga Anak ng liwanag laban sa mga Anak ng kadiliman" o "Digmaan ng mga Anak ng Liwanag sa mga Anak ng Kadiliman.

▣ **"Kung. . .kung"** Ito ay kapwa PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

**11:11 "Si Lazaro na ating kaibigan ay natutulog"** Ang PANDIWA ay GANAP PABALINYAK NA MAY PASUBALI. Ang mga alagad ay kadalasang mali ang pagkakaunawa kay Hesus dahil masyado nilang inunawang literal (cf. v. 13). Ginamit ni Hesus ang talalinghaga sa kamatayan na nagpapakita ng paggamit sa OT (cf. Deuteronomio 31:16; II Samuel 7:12; I Hari 1:21; 2:10; 11:21,43; 14:20, etc.). Ang salitang Ingles na "sementeryo" ay nanggaling sa parehong salitang ugat tulad ng Griyegong salitang "matulog."

**11:12 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na inaasahang totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kaniyang mga pampanitikang mga layunin.

▣ **"siya ay gagaling"** Ito ay literal na salitang "naligtas" sa pagkagamit ng OT bilang "pisikal na paglaya" (cf. Santiago 5:15). Muli, ang mga alagad ay nagkamali sa pagkaunawa kay Hesus dahil inunawa nila ang matalinghagang salita na (i.e., pagtulog) literal. Ang maling pagkakaunawa ng mga tagapakinig ni Hesus ay isang katangian sa Ebanghelyo ni Juan (i.e., vv. 23-24). Siya ay galing sa kaitaasan – sila ay galing sa ibaba. Kung walang tulong ng Espiritu (ie. *Pentecost*), hindi sila makakaunawa!

**11:13** Ito ay isa pang pagpunang editoryal ni Juan.

**11:14 "sinabi sa kanila ni Hesus ng malinaw"** Tingnan ang Natatanging Paksa: *Parrhēsia* sa 7:4.

**11:15 "At ikinagagalak ko dahil sa inyo rin na ako'y wala roon, upang kayo'y magsipaniwala; gayon ma'y tayo na sa kaniya"** Binigyang-diin ni Hesus na ang pagkabuhay ni Lazaro ay hindi dahil kaibigan Niya si Lazaro o dahil sa pighati nina Maria at Marta, ngunit upang (1) mapag-ibayo ang kapwa pananampalataya ng alagad (v.14) at (2) palakasin ang pananampalataya ng mga Hudyong nagmamasid (v. 42). Ang pananampalataya ay isang proseso sa Juan. Minsan, ito'y lumalago (i.e., mga alagad, cf. 2:11), minsan ay hindi (i.e., ang mga nagmamasid, cf. 8:31-59).

**11:16** Ang talatang ito ay nagpapakita ng pananampalataya ni Tomas. Siya ay nakahandang mamatay kasama ni Hesus. Kailangang ipakita sa mga alagad ang kapangyarihan ni Hesus sa kamatayan, na malaking pagkatakot ng tao.

Ang pangalang Tomas ay nagpapahayag ng Aramaikong salita para sa "kambal" (isa pang pagpunang editoryal), gaya ng ginawa ni Didymus sa Griyego. Ang Sinoptiks ay tinala siya bilang isa sa mga Apostol (cf. Mateo 10:3; Marcos:18; Lucas 6:15); ang Ebanghelyo ni Juan ay madalas magpahayag tungkol sa kaniya (cf. 11:16; 14:5; 20:24-29; 21:2). Tingnan ang Natatanging Paksa: Tsart ng mga Pangalan ng Apostol sa 1:45.

## TALATA SA NASB (BINAGO) 11:17-27

**[17]Kaya't nang dumating si Hesus, ay naratnan niyang apat na araw na siya'y nalilibing. [18]Ang Betania nga'y malapit sa Herusalem, na may layong labing-limang estadio; [19]At marami sa mga Hudyo ang nangakaparoon na kay Marta at kay Maria, upang sila'y aliwin tungkol sa kanilang kapatid. [20]Si Marta nga, nang marinig niyang si Hesus ay dumarating, ay yumaon at sumalubong sa kaniya: nguni't si Maria ay nanatiling nakaupo sa bahay. [21]Sinabi nga ni Marta kay Hesus, Panginoon, kung ikaw sana'y narito, disin ang kapatid ko ay hindi namatay. [22]At ngayon man nama'y nalalaman ko na, anomang hingin mo sa Diyos, ay ipagkakaloob sa iyo ng Diyos. [23]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Magbabangon uli ang iyong kapatid. [24]Si Marta ay nagsabi sa kaniya, Nalalaman ko na siya'y magbabangon uli sa pagkabuhay na maguli sa huling araw. [25]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na maguli, at ang kabuhayan: ang sumasampalataya sa akin, bagama't siya'y mamatay, gayon ma'y mabubuhay siya; [26]At ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man. Sinasampalatayanan mo baga ito? [27]Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na ikaw ang Cristo ang Anak ng Diyos, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan.**

**11:17 "naratnan niyang apat na araw na siya'y nalilibing"** Sinabi ng mga Rabi na ang espiritu ng tao ay mananatiling malapit sa pisikal na katawan sa loob ng tatlong araw. Si Hesus ay nagpaliban hangang matapos ang apat na araw upang matiyak na si Lazaro ay totoong patay na at lagpas sa mga rabinikal na pag-asa.

**11:18 "halos dalawang milya"** ang talata 18 ay isa na namang pagpunang editoryal ni Juan. Ito ay nangangahulugan ng "labing-limang estadio."

**11:19 "marami sa mga Hudyo ang nangakaparoon na kina Marta at Maria"** Ito ay isang hindi karaniwang walang pagpanig na paggamit sa salitang "ang mga Hudyo," na kadalasang tumutukoy sa kaaway ni Hesus. Subalit, sa kontekstong ito, ito ay payak na tumutukoy sa mga naninirahan sa Herusalem na kilala ang pamilyang ito (cf. vv. 31,33,45).

**11:20 "si Maria ay nanatiling nakaupo sa bahay"** Ang karaniwang ayos para sa mga Hudyong nagluluksa ay pag-upo sa lapag.

## NATATANGING PAKSA: MGA KAGAWIAN SA PAGDADALAMHATI

Ang mga Israelita ay naghahayag ng kalungkutan para sa namatay na mahal sa buhay, para sa personal na pagsisi guyundin sa mga karumaldumal an mga krimen, sa maraming mga kaparaanan:

1. pagpunit ng panglabas na damit, Genesis 37:29,34; 44:13; Hukom 11:35; II Samuel 1:11; 3:31; I Hari 21:27; Job 1:20

2. pagsuot ng kayong magaspand, Genesis 37:34; II Samuel 3:31; I Hari 21:27; Jeremias 48:37
3. pagtanggal ng sapatos, II Samuel 15:30; Isaias 20:3
4. pagpatong ng kamay sa ulo, II Samuel 13:19; Jeremias 2:37
5. paglagay ng alikabok sa ulo, Josh. 7:6; I Samuel 4:12; Neh. 9:1
6. pag-po sa lupa, Panaghoy 2:10; Ezekiel 26:16 (nakahiga sa lupa, II Samuel 12:16); Isaias 47:1
7. pag-suntok ang dibdib, I Samuel 25:1; II Samuel 11:26; Nahum 2:7
8. paghiwa sa katawan, Deuteronomio 14:1; Jeremias 16:6; 48:37
9. pag-aayuno, II Samuel 12:16,22; I Hari 21:27
10. pag-awit ng panaghoy, II Samuel 1:17; 3:31; II Cronika 35:25
11. pagkalbo (pagtanggal sa buhok o pag-ahit), Jeremias 48:37
12. pagputol sa bigote, Jeremias 48:37
13. pagtakip sa ulo at mukha, II Samuel 15:30; 19:4

**11:21,32 "Sinabi nga ni Marta. . . kung ikaw sana'y narito, disin ay hindi namatay ang aking kapatid"** Ito ay isang PANGALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na tinatawag na "taliwas sa katotohanan." Samakatuwid, ito ay maaaring maunawaan bilang, "Kung ikaw sana'y narito kasama namin, na hindi mo ginawa, hindi sana namatay ang aking kapatid, na nangyari sa kanya." Ang mga pahayag nina Marta at Maria (cf. v. 32) kay Hesus ay magkatulad na magkatulad. Maaaring madalas nilang pag-usapan ang paksang ito sa panahon ng apat na araw na pagluluksa. Ang dalawang babaeng ito ay nakaramdam ng kaginhawaang sapat upang ipahayag nila kay Hesus ang kanilang tinatagong pagkadismaya sa hindi Niya pagpunta ng mas maaga..

**11:22 "ngayon man nama'y nalalaman ko na, anomang hingin mo sa Diyos, ay ipagkakaloob sa iyo ng Diyos"** Walang lubusang katiyakan kung ano ang hinihingi ni Marta kay Hesus to do, dahil sa v. 39 siya ay nagulat sa muling pagkakaroon ng malay ni Lazaro.

**11:23-24 "Magbabangon uli ang iyong kapatid"** Si Marta ay may katulad na pananaw teolohikal sa pangalawang buhay katulad ng mga Fariseo, na naniniwala sa muling pagkabuhay sa katawan sa huling araw. May mga limitadong katunayan sa Banal na Kasulatan sa OT para sa pananaw na ito (cf. Daniel 12:2; Job 14:14; 19:25-27). Ginawa ni Hesus ang pagkakaunawa ng mga Hudyo bilang isang pagpapatibay ng Kanyang kapangyarihan at pamumuno (cf. v. 25; 14:6).

**11:24 "sa huling araw"** Bagaman ito ay totoo, Binagyang-diin ni Juan ang kaagaran ng kaligtasan (nalamang *eschatology*), siya ay patuloy na aasa sa isang pangwakas na pagkahusto. Ito ay maipapahayag sa maraming kaparaanan.

1. isang paghahatol/araw ng muling pagkabuhay (cf. 5:28-29; 6:39-40,44,54; 11:24; 12:48)
2. "oras" (cf. 4:23; 5:25,28; 16:32)
3. ang pangalawang pagparito ni Kristo (cf. 14:3; ito marahil sa 14:18-19,28 and 16:16,22 ay tumutukoy sa pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng muling pagkabuhay at hindi sa isang *eschatological* na pagparito)

**11:25 "Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang muling pagkabuhay, at ang buhay"** Ito ay isa pa sa mga "Ako nga" na mga ahayag ni Hesus. Sa yugto ng kamatayan ni Lazaro, Si Marta ay nahimok na maniwala na siya ay mabubuhay. Ang pag-asang ito ay nag-ugat sa persona at kapangyarihan ng Ama at ni Hesus (cf. 5:21). Tingnan ang tala sa 8:12.

Nakakagulat na ang maagang kasulatang *papyrus* (i.e., $P^{45}$) at ilang Lumang Latin, mga saling Syrian, at ang *Diatessaron* ay tinanggal ang mga salitang "at ang buhay." Ang $UBS^3$ ay nagbigay ng isang "B" na antas sa paglalakip, ngunit ang $UBS^4$ ay nagbigay sa paglalakip ng isang "A" na antas (tiyak).

**11:26 "ang sinomang nabubuhay at sumasampalataya sa akin ay hindi mamamatay magpakailan man"** Maraming mga mahahalagang palaugnayang katangian ang talatang ito.

1. ang panlahat na PANGHALIP na"lahat"
2. ang mga PANGKASALUKUYANG PANDIWARI, na nagpapakita ng pangangailangan sa nagpapatuloy na pananampalataya (vv. 25 & 26)
3. ang malakas dalawahang negatibo na kaugnay ng kamatayan, "tiyak na hindi kailanman, hindi di-kailanman mamatay," na maliwanag na tumutukoy sa kamatayang espirituwal. Sa Juan, ang walang hanggang buhay ay isang pangkasalukuyang katotohanan para sa mga mananampalataya, hindi lang sa ilang panghinaharap na pangyayari. Si Lazaro ay nilalayong ipahayag ang mga salita ni Hesus! Para kay Juan, ang walang hanggang-buhay ay isang pangkasalukuyang katotohanan.

**11:27 "Oo, Panginoon: sumasampalataya ako na ikaw ang Kristo ang Anak ng Diyos, sa makatuwid baga'y ang naparirito sa sanglibutan"** Ito ay ipinahayag sa GANAP NA PAMANAHON. Ito ay isang makapangyarihang pahayag ng

kanyang personal na pananampalataya kay Hesus bilang ipinangakong Mesias. It ay teolohikal na katumbas ng pahayag ni Pedro sa Caesarea (cf. Mateo 16).

Siya ay gumagamit ng maraming magkakaibang titulo upang ipahayag ang kanyang pananampalataya.

1. ang Kristo (na ang Griyegong salin ng Mesias, ang Siyang Pinahiran)
2. ang Anak ng Diyos (isang titulong OT ng Mesias)
3. Siyang naparirito (isa pang titulong OT sa Siyang ipinangako ng Diyos na magdadala ng bagong panahon ng katuwiran, cf. 6:14)

Gumagamit si Juan ng pag-uusap bilang isang pampanitikang pamamaraan upang ipahayag ang katotohanan. Mayroong maraming pagtatapat ng pananampalataya kay Hesus sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 1:29,34,41,49; 4:42; 6:14,69; 9:35-38; 11:27). Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang paggamit ni Juan ng Pananampalataya sa 2:23.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11: 28-29

**28 At nang masabi na niya ito, ay yumaon siya, at tinawag ng lihim si Maria na kapatid niya, na sinasabi, Ang Guro ay narito, at tinatawag ka. 29 At siya, nang marinig niya ito, ay nagtindig na madali, at pumaroon sa kaniya.**

**11:28 "Guro"** Ang *NASB Study Bible* (p. 1540) ay mayrong isang dakilang pagpuna, "isang makabuluhang paglalarawan ang ibinigay ng isang babae. Ang mga Rabi ay hindi magtuturo sa mga kababaihan (cf. 4:27), ngunit si Hesus ay palagiang nagtuturo sa kanila."

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BABAE SA BIBLIYA

I. Ang Lumang Tipan
   A. Sa pang-kultura, ang mga babae ay ipinalalagay na pagmamay-ari
      1. isinasama sa listahan ng pagmamay-ari (Exodo 20:17)
      2. pagtrato sa mga babaing alipin (Exodo 21:7-11)
      3. ang mga panata nga mga babae ay maaaring ipawalang-bisa ng isang lalaking may panlipunang pananagutan (Bilang 30)
      4. mga babae bilang mga samsam sa digmaan (Deuteronomio 20:10-14; 21:10-14)
   B. Sa praktikal na paraan, mayroong pagkakapantay
      1. ang lalaki at babae ay linikha sa larawan ng Diyos (Genesis 1:26-27)
      2. igalang ang ama at ina (Exodo 20:12 [Deuteronomio 5:16])
      3. paggalang sa ina at ama (Levitico 19:3; 20:9)
      4. ang mga lalaki at mga babae ay maaaring maging mga Nazareo (Bilang 6:1-2)
      5. ang gma anak ng babae ay may karapatang magmana (Bilang 27:1-11)
      6. bahagi ng taong nakipagkasundo (Deuteronomio 29:10-12)
      7. sundin ang mga turo ng ama at ina (Kawikaan 1:8; 6:20)
      8. ang mga anak na lalaki at anak na babae ni (pamilyang Levita) ay pinangungunahan ang pag-awit sa Templo (I Chronica 25:5-6)
      9. ang mga anak na lalaki at mga anak na babae ay magbibigay na propesiya sa bagong panahon (Joel 2:28-29)
   C. Ang mga kababaihan ay mga tungkulin sa pamumuno
      1. Ang kapatid ni Moises, si Mirriam, ay tinawag na isang propeta (Exodo 15:20-21 saka tingnan sa Micah 6:4)
      2. mga babaing pinagkalooban ng Diyos na maghabi ng mgkagamitan para sa Tabernakulo (Exodo 35:25-26)
      3. isang babae, si Deborah, isa ring Propeta (cf. Hukom 4:4), ay nanumo sa lahat ng angkan (Hukom 4:4-5; 5:7)
      4. Si Huldah ay isang propeta na tinawag ni Haring Josias upang basahin at bigyang ng interpretasyon ang bagong tagpong "Aklat ng Kautusan" (II Hari 22:14; II Chronica 34:22-27)
      5. Si Reyna Ester, isang maka-Diyos na babae, ay iniligtas ng mga Hudyo sa Persya
II. Ang Bagong Tipan
   A. Sa pang-kultura, ang mga babae sa kapwa Judaismo at sa nasasakupang ng *Greco-Roman* ay mga pangalawang uring mamamayan na may kakaunting mga karapatang o pribilehiyo (hindi kasama ang Macedonia).
   B. Mga kababaihan sa mga tungkuling pamumuno
      1. Sina Elizabet at Maria, maka-Diyos sa babaing naglalaan para sa Diyos (Lucas 1-2)
      2. Si anna, maka-Diyos na babaing naglilingkod sa Templo (Lucas 2:36)
      3. Si Lydia, mananampalataya at pinuno sa isang bahay iglesiya (Gawa 16:14,40)

4. Ang apat na birheng anak ni Felipe ay mga propeta (Gawa 21:8-9)
5. Si Phoebe, diyakonesa ng inglesiya sa Cenchrea (Roma 16:1)
6. Si Prisca (Priscilla), kamanggagawa ni Pablo at guro ni Apollos (Gawa 18:26; Roma 16:3)
7. Sina Maria, Tryphaena, Tryphosa, Persis, Julia, kapatid ni Nereus' sister, maraming kamanggaawa ni Pablo (Rom. 16:6-16)
8. Si Junia (KJV), maaaring isang babaing apostol (Roma 16:7)
9. Sina Euodia at Syntyche, kamanggagawa ni Pablo (Filipos 4:2-3)

III. Paano maninimbang ng mga makabagong mananampalataya sa mga magkakaibang halimbawa?

A. Paano malalaman ang pang-kasaysayan at pang-kulturang katotohanan, na maaaring maiangkop sa orihinal na konteksto, mula sa mga walang hangang katotohanang makabuluhan sa lahat ng iglesiya, lahat ng mga mananampalatay sa lahat ng panahon?

1. Kailangan nating malaman ang layunin ng orihinal na kanasihang may-akda nang may kataimtiman. Ang Bibliya ay ang Salita ng Diyos at ang tanging paggagalingan para sa pananampalataya at kasanayan.
2. Kailangan nating pagtuunan ng pansin ang mga malinaw na kinasihang mga talata na may mga pinabatayan sa kasaysayan
   a. ang cultus (i.e., ritwal at liturhiya) ng Israel (cf. Gawa 15; Gal.3)
   b. unang siglong Judaismo
   c. Malinaw na mga pahayag ni Pablo sa I Corinto na may pinagbabatayan sa kasaysayan
      (1) ang sistemang legal ng of paganong Roma (I Corinto 6)
      (2) ang pananatili ang pagkaalipin (I Corinto 7:20-24)
      (3) ang selibato (I Corinto 7:1-35)
      (4) ang mga birhen (I Corinto 7:36-38)
      (5) ang pag-aalay ng pagkain sa mga idolo (I Corinto 8; 10:23-33)
      (6) ang mga kahiya-hiyang mga pagkilos sa Hapunan ng Panginoon (I Corinto 11)
3. Ang Diyos ay lubusan at maliwanag na inihahayag ang Kanyang sarili sa isang partikular na kultura, sa isang partikular na panahon. Kailangan nating pagtuunan ang kapahayagan, ngunit hindi lahat ng aspeto ng kanyang pangkasaysayang pagtulong. Ang Salita ng Diyos ay isinulat sa mga salita ng tao, na ipinahahayag sa isang partikular na kultura sa isang to a particular na panahon.

B. Ang Biblikal na interpretasyon ay kailangang hanapin ang orihinal na layunin ng may-akda.Ano ang kanyang sinasabi sa kanyang panahon? Ito ay binagbabatayan at napakahalaga para sa tamang interpretasyon. Ngunit ngayon, kailangan nating maiangkop ito sa ating panahon. Ngayon, nandito ang suliranin ng mga kababaihan sa pamumuno (ang tunay na suliranin sa interpretasyon ay maaring magbigay kahulugan sa salita. May mas higit bang mga ministeryo kaysa sa mga pastor na mikikita sa pamumuno? Nakikita ba ang mga diyakonesa o babaing propeta bilang mga namumuno?) Ito ay lubhang maliwanag kay Pablo, sa I Corinto 14:34-35 at I Timoteo 2:9-15, na nagpapahayag na mga babae ay hindi dapat mamumuno sa pangmadlang panambahan! Ngunit paano ko iaangkop ito ngayon? Hindi ako papayag na ang kultura ni Pablo o ang aking kultura ang magpatahimik sa Salita ng Diyos and Kaniyang kalooban. Maaaring ang panahon ni Pablo ay napakalimitado, ngunit gayundin naman ang aking panahon ay napaka-bukas. Ako ay nakakaramdam ang pagkabalisa sa pagsasabing ang mga salita at mga katuruan ni Pablo ay may pasubali, pang-unang siglo, at mga katotohanang pang-lokal na kalagayan. Sino ako upang hayaan kong aking isip o aking kultura ay kalimutan ang isang kinasihang may-akda?!

Subalit, ano ang aking gagawin kung may mga biblikal na halimbawa ng mga kababaihang namumuno (kahit na sa mga sulat ni Pablo, cf. Roma 16)? Isang mabuting halimbawa nito ay pagtalakay ni Pablo sa pang-madlang panambahan sa I Corinto 11-14. Sa 11:5 tila pinahihintulutan niyang mangaral at manalangin sa kababaihan sa pangmadlang panambahan na may takip ang kanilang mga ulo, ngunit sa 14:34-35 inutusan niya silang manatiling manahimik! Sila ay mga diyakonesa (cf. Roma 16:1) at mga propetang babae (cf. Gawa 21:9). Dito sa pagkakaibang ito ay nagpapahintulot sa akin ng kalayaan na kilalanin ang mga puna ni Pablo (bilang pag-uugnay sa pagbabawal sa mga kababaihan) na limitado sa unang siglong Corinto at Efeso. Sa kapwa mga iglesiya, may mga suliranin sa mga babaing gumaganap ng kanilang bagong-tuklas na kalayaan (cf. Bruce Winter, *After Paul Left Corinth*), na maaaring magdulot ng kahirapan para sa mga iglesiya na maabot ang lipunan kay Kristo. Ang kanilang kalayaan ay kailangang limitahan upang ang Ebanghelyo ay maging mas mabIsaias

Ang aking pahahon ay kabaliktaran ng kay Pablo. Sa aking kapanahunan ang Ebanghelyo ay maaaring maging limitado kung if ipapahayag, ang mga sinanay na kababaihan ay hindi pinahihintulutang magbahagi ng Ebanghelyo, hindi pahihintulutang mamuno! Ano ang sukdulang layunin ng pangmadlang panambahan? Di ba ito ebanghelyo at pagiging alagad? Maaari bang maparangalang at malugod ang Diyos sa mga babaing namumuno? and pleased with women leaders? Ang Bibliya sa kabuuan ay tila nagsasabing "oo"!

Nais kong sumang-ayon kay Pablo; ang aking teolohiya ay pangunahing kay Pablo. Hindi ko kagustuhang maging sobrang mahikayat o mapatakbo ng makabagong peminismo! Subalit, Sa aking palagay ang iglesiya ay naging mabagal na tumugon sa mga biblikal na katotohanan, tulad di-kaangkupan ng pang-aalipin, kapootang pang-lahi, pagkapanatiko, and *sexism*. Ito rin ay naging mabagal na tumugon ng naaayon sa pang-aabuso sa kababaihan sa makabagong mundo. Ang Diyos kay Kristo ay pinalaya ang mga alipin at kakabaihan. Hindi ako maglalakas-loob na hayaan ang isang talatang naka-ugat sa kultura ang gumapos sa kanila.

Isa pang punto: bilang isang tagapagsuri, nalalaman kong ang Corinto ay isang napakagulong iglesiya. Ang mga kaloob na *charismatic* ay pinahahalagahan at pinaparangalan. Ang kababaihan ay maaaring nasilo nito. Naniniwala din ako na ang Efeso ay apektado ng mga bulaang guro na nananamantala sa kababaihan at ginagamit sila bilang pamalit na mga tagapagsalita sa mga bahay-iglesiya sa Efeso.

C. Mga mungkahi para sa karagdagang pagbasa

*How to Read the Bible For All Its Worth* nina Gordon Fee at Doug Stuart (pp. 61-77)

*Gospel and Spirit: Issues in New Testament Hermeneutics* ni Gordon Fee

*Hard Sayings of the Bible* nina Walter C. Kaiser, Peter H. Davids, F. F. Bruce, at Manfred T. Branch (pp. 613-616; 665-667)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:30-37

**30(Hindi pa nga dumarating si Hesus sa nayon, kundi naroroon pa sa dakong kinasalubungan sa kaniya ni Marta.) 31Ang**
**mga Hudyo nga na kaniyang mga kasama sa bahay, at nangagsisialiw sa kaniya, pagkakita nilang si Maria, na siya'y nagtindig na**
**madali at lumabas, ay nagsisunod sa kaniya, na inaakalang paroroon siya sa libingan upang doo'y tumangis. 32Si Maria nga,**
**pagdating niya sa kinaroroonan ni Hesus, at pagkakita sa kaniya, ay nagpatirapa sa kaniyang paanan, na sinabi sa kaniya,**
**Panginoon, kung ikaw sana'y narito, disin ay hindi namatay ang aking kapatid. 33Nang makita nga ni Hesus na siya'y tumatangis,**
**at gayon din ang mga Hudyong nagsisitangis na kasama niyang dumating, ay nalagim siya sa espiritu, at nagulumihanan, 34At**
**sinabi, Saan ninyo siya inilagay? Sinabi nila sa kaniya, Panginoon, halika at tingnan mo. 35Tumangis si Hesus. 36Sinabi nga ng mga**
**Hudyo, Tingnan ninyo kung gaano ang pagibig niya sa kaniya! 37Datapuwa't ang ilan sa kanila'y nagsipagsabi, Hindi baga**
**magagawa ng taong ito, na nagpadilat ng mga mata ng bulag, na ang taong ito naman ay huwag mamatay?**

**11:30** Ito ay isa na namang detalye ng saksi ng Apostol na may-akda.

**11:33**
**NASB “nalagim siya sa espiritu, at nagulumihanan”**
**NKJV “Si ay naghinagpis sa espiritu at nagulumihanan”**
**NRSV “Siya ay lubhang naguguluhan sa espiritu at lubhang naantig”**
**TEV “Ang Kanyang puso ay napukaw, at Siya ay lubhang naantig”**
**NJB “Si Hesus ay lubhang nabalisa, na may malalalim na buntong-hininga”**

Ang literal na kahulugan ni ay “nasinghal sa espiritu.” Ito ay isang salita na kadalasang ginagamit sa pagkagalit (cf. Daniel 11:30 [LXX]; Marcos 1:43; 14:5). Ngunit sa kontekstong ito, ang pagsasalin na nagpapakita ng malalim na damdamin ay pinili (cf. v. 38). Bagaman ang ibang tagapag-suri ay tinitingnan ito bilang malalim na emosyon, marahil pagkagalit, na inuukol sa kamatayan, si Hesus ay totoong damdamin ng isang tao (cf. vv. 33,35,36,38) at ipinakita sa kanila dito para sa Kanyang mga kaibigan.

**11:35 “Si Hesus ay tumangis”** Ito ang pinaka-maikling talata sa Bibliya. Ang kamatayan ay hindi kalooban ng Diyos para sa mundong ito. Ito ang bunga ng rebelyon ng sangkatauhan. Nararamdaman ni Hesus ang hapdi ng pagkakawala ng isang mahal sa buhay. Nararamdaman niya maging mga karanasan sa buhay ng lahat ng Kanyang mga taga-sunod!

Ang pagtangis ni Hesus ay tahimik, personal, hindi tulad ng pang-madlang hikbi na nabanggit sa v. 33.

**11:37** Ang tanong na ito ay inaasahan ang “oo” na sagot. Ito ang palagay ni Marta sa v. 21 at ni Maria sa v. 32.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:38-44

**38Si Hesus nga sa muling pagkalagim sa kaniyang sarili ay naparoon sa libingan. Yaon nga'y isang yungib, at**
**mayroong isang batong nakatakip sa ibabaw noon. 39Sinabi ni Hesus, Alisin ninyo ang bato. Si Marta, na kapatid niyaong**
**namatay, ay nagsabi sa kaniya, Panginoon, sa ngayon ay nabubulok na ang bangkay sapagka't may apat na araw nang**
**siya'y namamatay. 40Sinabi sa kaniya ni Hesus, Di baga sinabi ko sa iyo, na, kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo**
**ang kaluwalhatian ng Diyos? 41Kaya't inalis nila ang bato. At itiningin ni Hesus sa itaas ang kaniyang mga mata, at**
**sinabi, Ama, nagpapasalamat ako sa iyo, na ako'y iyong dininig. 42At nalalaman ko na ako'y lagi mong dinirinig: nguni't**
**ito'y sinabi ko dahil sa karamihang nasa palibot, upang sila'y magsisampalataya na ikaw ang nagsugo sa akin. 43At nang**

**masabi niya ang gayon, ay sumigaw siya ng malakas na tinig, Lazaro, lumabas ka. [44]Siya na patay ay lumabas, na natatalian ang mga kamay at mga paa ng mga kayong panglibing; at ang kaniyang mukha ay nababalot ng isang panyo. Sinabi sa kanila ni Hesus, Siya'y inyong kalagan, at bayaan ninyo siyang yumaon.**

**11:38 "isang yungib"** Sa panahong ito sa Palestina, ang mga libingan ay alinman sa

1. mga natural na yungib (*Baba Bathra* 6:8)
2. mga yungib na hinukay sa mga matatarik na bato at tinakpan ng mga bilog na bato sa hukay
3. mga hukay na hinukay sa lupa at tinakpan ng mga malalaking bato

Mula sa pag-aaral ng arkeolohiya sa lugas ng Herusalem, ang bilang #1 ang pinka-tumutugma.

**11:39 "Alisin ninyo ang bato"** Ang pagtakip ng isang malaking tipak ng bato sa yungib slipped into a groove ay ang paraan upang masarahan ang libingan mula sa magnanakaw at mga hayop.

▣ **"may apat na araw nang siya'y namamatay"** Ito ay isang salitang Griyego, na ang literal na kahulugan ay "isang apat na araw na tao."

**11:40 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugang ang pagkilos ay maaaring mangyari. Ang talatang ito ay inaasahan ang "oo" na sagot.

▣ **"ang kaluwalhatian ng Diyos"** Ang kaluwalhatian ng Diyos ay nahayag sa mga paggawa ni Hesus (cf. v. 4). Tingnan ang buong tala sa1:14.

**11:41 "itiningin ni Hesus sa itaas ang kaniyang mga mata"** Ang karaniwang ayos sa pananalangin ng mga Hudyo ay ang pagtaas ng mga kamay at mata (nakabukas) na nakatingin sa kalangitan. Ito ay isang katawagan para sa panalangin (cf. 17:1).

▣ **"na ako'y iyong dininig"** Si Hesus ay "dinidinig" ng Ama (cf. 8:26,40; 15:15) at ang Ama ay "dinidinig" Siya. Ang sinumang "duminig" kay Hesus ay may buhay na walang hangan. Ito ay nagpapatuloy na paglalaro ng salita sa word play on "nakikita" at "nadirinig" bilang katulad ng "tinatanggap" (1:12) at "nananampalataya" (3:16). "nadinig" ni Lazaro ang tinig ni Hesus at bumalik ang kanyang buhay.

**11:42** Ito ang nagpapahayag ng layunin ng panalangin at himala ni Hesus. Si Hesus ay madalas na gumagawa ng mga himala upang palakasin ang pananampalataya ng mga alagad, at sa pagkakataong ito, magpasimula ng pananampalataya sa mga Hudyo galing ng Herusalem.

Sa teolohiya, Si Hesus ay muling dinakila ang kapamahalaan ng Ama at pagiging-una ng Kaniyang mga gawa (cf. 5:19,30; 8:28; 12:49; 14:10). Ang mga himala ay naghahayag ng napaka-lapit na pakikipag-ugnayan ni Hesus sa Kanyang Ama. Tingnan sa Natatanging Paksa: Sinugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**11:43 "sumigaw siya ng malakas na tinig, Lazaro, lumabas ka"** Sinasabing kung hindi partikular na binanggit ni Hesus si Lazaro, ang lahat ng nakalibing dito ang lumabas!

**11:44** Ang mga katawan ay inihahanda para sa paglilibing sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig, pagkatapos, babaluting sa mga piraso ng telang linen na linahukan ng mga panimpla upang makatulong sa amoy. Ang mga labi ay kailangang sunugin sa loob ng labingdalawang oras dahil hindi ini-embalsamo ng mga Hudyo ang kanilang mga yumao.

## NATATANGING PAKSA: MGA KAGAWIAN SA PAGLILIBING

I. Mesopotamia
   A. Ang tamang paglibing ay napaka-halaga sa isang maligayang kabilang-buhay.
   B. Ang isang halimbawa ng sumpa sa Mesopotamia ay, "Nawa ay hindi tangapin ng lupa ang iyong mga labi."

II. Lumang Tipan
   A. Ang tamang paglibing ay napaka-halaga (cf. Ecclesiastes 6:3).
   B. Ito ay ginagawa ng napakabilis (cf. Sara sa Genesis 23 at Rachel sa Genesis 35:19 at tingnan ang Deuteronomio 21:23).
   C. Ang di-tamang paglibing ay isang tanda ng pagtangi at kasalanan.
      1. Deuteronomio 28:26
      2. Isaias 14:20
      3. Jeremias 8:2; 22:19

D. Ang paglibing ay ginagawa kung maaari, sa yungib ng pamilya sa lugar ng kamag-anakan.

E. Walang pag-i-embalsamo, tulad sa Ehipto. Ang sangkatauhan ay naggaling sa alabok at kailangang bumabalik sa alabok (ex. Genesis 3:19; Awit 103:14; 104:29).

F. Sa Rabinikal na Judaismo, mahirap timbangin ang tamang paggalang at pangangalaga ng katawan kasama na may kaalaman sa pang-seremonyang pagdungis na kaugnay ng mga labi.

III. Bagong Tipan

A. Ang paglibing ay mabilis na isinusunod pagkatapos mamatay, kadalasang sa loob ng dalawampu't apat na oras. Ang mga Hudyo ay kadalasang binabantayan ang libingan ng tatlong araw, sa paniniwalang ang kaluluwa ay maaaring bumalik sa loob ng tinakdang oras. (cf. Juan 11:39).

B. Ang paglibing ay kinabibilangan ng paglilinis at pagbabalot sa katawan ng mga panimpla. (cf. Juan 11:44; 19:39-40).

C. Walang pagkakaiba ang pang-Hudyo o Kristiyanong mga gawi sa paglilibing o sa mga bagay na inilalagay sa libingan sa unang siglong Palestina.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:45-46

**45 Marami nga sa mga Hudyo ang nagsiparoon kay Maria at nangakakita ng ginawa niya, ay nagsisampalataya sa kaniya. 46 Datapuwa't ang ilan sa kanila ay nagsiparoon sa mga Fariseo, at sinaysay sa kanila ang mga bagay na ginawa ni Hesus.**

**11:45 "Marami nga sa mga Hudyo. . . nagsisampalataya sa kaniya"** Ito ang naihayag na paksa ng Ebanghelyo (cf. 20:30-31). Ang pariralang ito ay naging huwaran (cf. 2:23; 7:31; 8:30; 10:42; 11:45; 12:11,42). Subalit, kailangang muli maipahayag na ang pananampalataya sa Ebanghelyo ni Juan ay maraming antas at hindi palaging pananampalatayng ikaliligtas (cf. 2:23-25; 8:30ff). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:23.

**11:46 "Datapuwa't ang ilan sa kanila ay nagsiparoon sa mga Fariseo, at sinaysay sa kanila ang mga bagay na ginawa ni Hesus"** Nakakagulat ang antas espirituwal na pagka-bulag sa harap ng mga kamangha-mangha at makapangyarihang mga himala. Subalit, hinati ni Hesus ang lahat ng pangkat sa mga lumapit upang manampalataya sa Kanya at sa mga itinanggi sa katotohanan tungkol sa Kanya. Kahit na ang isang pakapangyahinang himala tulad nito ay hindi nakapagdala ng panamapalatay (cf. Lucas 16:30-31).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 11:47-53

**47 Ang mga pangulong saserdote nga at ang mga Fariseo ay nangagpulong, at nagsipagsabi, Ano ang ginagawa natin? sapagka't ang taong ito'y gumagawa ng maraming tanda. 48 Kung siya'y ating pabayaang gayon, ang lahat ng mga tao ay magsisisampalataya sa kaniya: at magsisiparito ang mga Romano at pagkukunin ang ating kinaroroonan at gayon din naman ang ating bansa. 49 Nguni't ang isa sa kanila na si Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon, ay nagsabi sa kanila, Kayo'y walang nalalamang anoman. 50 Ni inyong niwawari na sa inyo'y nararapat na ang isang tao ay mamatay dahil sa bayan, at hindi ang buong bansa ay mapahamak. 51 Ito nga'y sinabi niya na hindi sa kaniyang sarili: kundi palibhasa ay dakilang saserdote nang taong yaon, ay hinulaan niya na si Hesus ay dapat mamatay dahil sa bansa; 52 At hindi dahil sa bansa lamang, kundi upang matipon din naman niya sa isa ang mga anak ng Diyos na nagsisipangalat. 53 Kaya't mula nang araw na yaon ay pinagsanggunianan nilang ipapatay siya.**

**11:47 "Ang mga pangulong saserdote nga at ang mga Fariseo ay nangagpulong"** Ito ay tumutukoy sa Sanhedrin, ang kataas-taasang hukuman ng mga Hudyo sa Herusalem. Ito ay mayroong 70 miyembro. Ang mga punong saserdote ay pang-pulitika at pang-relihiyong pangkat na tinatawag na Saduceo, na tinatanggap lamang ang ma kasulatan ni Moies ngunit itinatanggi ang muling pagkabuhay. Ang mga Fariseo ay mas kilala, maka-kautusang pang-relihiyong pangkat na naniniwala sa (1) sa kabuuan ng OT; (2) ang ministeryo ng anghel ; (3) at ang muling pagkabuhay. Ito ay nakakagulat na ang dalawang magkatunggaling mga pangkat ay maaaring magsama para sa anumang layunin. Tingna ang Natatanging Paksa: Mga Fariseo sa1:24. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Sanhedrin sa 3:1.

▣ **"sapagka't ang taong ito'y gumagawa ng maraming tanda"** Ang pagtukoy kay Hesus bilang "ang taong ito" ay isang paraan ng pagpapababa sa hindi pagbanggit sa Kanyang pangalan. Nakakagulat na sa gitna ng mga dakilang himala, tulad ng pagpapabangon kay Lazaro, ang kanilang mga paunang mga kaisipan ay lubusang binulag ang kanilang mga pananaw (cf. II Corinto 4:4).

**11:48 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

▣ **"ang lahat ng mga tao ay magsisisampalataya sa kaniya"** Ang panibugho gayundin ang mga pagtatalong teolohikal ang

pinagmulan ng kanilang di-pagtitiwala at pagkatakot kay Hesus. Ang "lahat" ay maaaring tukoy kahit na sa mga Samaritano at mga Hentil (cf. 10:16). Mayroon ding aspetong pulitikal sa kanilang pagkatakot (i.e., pagsupil ng Romano).

▣ **"magsisiparito ang mga Romano at pagkukunin ang ating kinaroroonan at gayon din naman ang ating bansa"** Ito ay isa sa mga talinghagang propesiya sa Ebanghelyo ni Juan, na literal na nangyari noong A.D. 70 sa ilalim ng Romanong Heneral (sumunod na Emperador) Tito.

Ang pulitikal na katotohan ng pagsakop ng Romano ay isang mahalagang bahagi ng katapusang pag-asa ng mga Hudyo (*eschatological*). Sila ay naniniwala na ang Diyos ay maaaring magpadala ng pang-relihiyon/pang-militar na katauhan, tulad ng mga Hukom sa OT, upang pisikal palayain sila mula sa Roma. Maraming nagkukunwaring mga Mesias ang nagsimula ng rebelyon sa Palestina upang maisakatuparan ang kanilang inaaSamuel

Inaangkin ni Hesus ang Kanyang kaharian ay hindi isang panandalian/pulitikal na pamamahala (cf. 18:36), ngunit isang espirituwal na pamumuno na malulubos sa buong mundo sa hinaharap (i.e., Pahayag). Inaangking Niyang Siya ang nakatupad ng mga propesiya sa OT, ngunit hindi sa literal, pang-Hudyo at pang-bansang kaisipan. Dahil dito Siya ay tinanggihan ng halos lahat ng mga Hudyo sa Kanyang panahon.

**11:49 "Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon"** Ang pagka-Punong Saserdote ay nangangahulugan ng isang panghabang-buhay na tungkulin na ipinapasang sa kanilang anak (cf. Exodo 28), ngunit pagkatapos na ang mga Romano ay maging mga mananakop, ito ay ipininagbibili sa pinaka mataas na tawad dahil sa pinakikinabangan kalakalan na makikita sa Bundok ng Olivo at sa lugar ng templo. Si Caifas ay Punong Saserdote noong A.D. 18-36 (manugang ni Annas, Punong Saserdote noong A.D. 6-15).

**11:50-52** Ito ay isa pang halimbawa ng kabalintunaan ni Juan. Si Caifas ay nangangaral ng Ebanghelyo!

**11:50 "isang tao ay mamatay dahil sa bayan"** Ang kaligiran sa OT para dito ay ang pang-Hudyong pananaw ng "pisikal na pagkabuhay." Ang isang tao (mabuti o masama) ay maaaring maka-apekto sa kabuuan (i.e., Adan/Eva; Achan). Ang kaisipan ay dumating bilang isang pinagbabatayang sistemang paghahandog, lalo na sa Araw ng Pagtubos (Levitico 16), kung saan ang isang hayop na walang sala ang magdadala ng kasalanan ng bansa. Ito ang naging pagkakaunawa ng Mesias na nasa likod ng Isaias 53. Sa NT ang paghahalintulad kay Adan/Kristo sa Rom. 5:12-21 ay ipinahahayag ng paksang ito.

**11:51**
**NASB, REV,**
**NET "na si Hesus ay dapat mamatay"**
**NKJV, NIV,**
**REB "na si Hesus ay dapat na mamatay"**
**NRSV "na si Hesus ay malapit nang mamatay"**
**NJB "na si Hesus ay mamamatay"**

Ang NIDOTTE, tomo 1, p. 326, ay may isang mabuting komentaryo tungkol sa teolohikal na gamit ng PANDIWA *mellō* ("kailangan," "magkaroon," "maging tiyak") kapag ginamit sa kalooban ng Diyos para sa gawaing pagtubos ni Kristo.

1. Marcos 10:32
2. Mateo 17:22
3. Lucas 9:31,44; 24:21; Gawa 26:23
4. Juan 7:39; 11:51; 12:33; 14:22; 18:32

Ito rin ay ginagamit sa pangangailangan sa pagtataksil ni Hudas

1. Lucas 22:23
2. Juan 6:71; 12:4

Sa Lucas, sa Gawa, ginagamit sa katuparan ng propesiya (i.e., Gawa 11:28; 24:15; 26:22). Lahat ng mga pangyayaring pagtubos ay nasa mga kamay ng Diyos (cf. Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29)!

**11:52 "matipon din naman niya sa isa ang mga anak ng Diyos na nagsisipangalat"** Ito ay tila isang pagpunang editoryal ni Juan na maihahalintulad sa 10:16. Ito ay maaaring tumukoy sa

1. Mga Hudyong naninirahan sa labas ng Palestina
2. kalahating-Hudyo tulad ng mga Samaritano
3. mga Hentil

Ang bilang #3 ang tila pinakamahusay. Kung ano man ito, ang kamatayan ni Hesus ay magdadala ng pagkakaisa sa "nananampalatayang" sangkatauhan (cf. 1:29; 3:16; 4:42; 10:16).

**11:53 "Kaya't mula nang araw na yaon ay pinagsanggunianan nilang ipapatay siya"** Ito ay isang nauulit na paksa sa Juan (cf. 5:18; 7:19; 8:59; 10:39; 11:8).

**TALATA SA NASB (BINAGO) 11:54**

**[54]Si Hesus ay hindi na naglalakad ng hayag sa gitna ng mga Hudyo, kundi naparoon doon sa lupaing malapit sa ilang, sa isang bayan na tinatawag na Efraim; at siya'y nanahanan doong kasama ng mga alagad.**

**11:54 "Si Hesus ay hindi na naglalakad ng hayag sa gitna ng mga Hudyo"** Sa Juan 12 ang huling pagkakataon ni Hesus na makipagtalastasan sa mga pinunong pang-relihiyon.

Ang salitang isinalin sa Juan na "hayag" (cf. 7:26; 11:54; 18:20) ay kadalasang nangangahulugang "matapag." Tingnan ang Natatanging Paksa sa7:4.

▣ **"isang bayan na tinatawag na Efraim"** Ang bayang ito ay maaaring matagpuan malapit sa Bethel sa Samaria (cf. II Cronika 13:19).

**TALATA SA NASB (BINAGO): 11:55-57**

**[55]Ang paskwa nga ng mga Hudyo ay malapit na: at maraming nagsiahon sa Herusalem mula sa lupaing yaon bago magpaskua, upang magsipaglinis. [56]Pinaghahanap nga nila si Hesus, at pinaguusapan ng isa't isa, samantalang nangakatayo sila sa templo, Anong akala ninyo? Na hindi na kaya siya paririto sa pista? [57]Ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo nga ay nangagutos, na, kung ang sinomang tao'y nakakaalam ng kung saan siya naroroon, ay dapat niyang ihayag, upang kanilang madakip siya.**

**11:55-57** Ang mga talatang ito ay nag-uugnay sa mga kabanatang 11 and 12 na magkasama.

**11:55 "upang magsipaglinis sila"** Ito ay tumutukoy sa mga ritwal ng paglilinis sa paghahanda ng Paskwa. Mayroon pa ring pagtatalo kung gaano kahaba ang pagtuturo, pangangaral at paglilingkod ni Hesus sa Palestino. Ang sinoptiks ay binalangkas ito, kung saan maaaring isa or dalawang taon. Subalit, Ang Juan ay may maraming mga Paskwa (isang taunang pista). May katiyakang binanggit ang tatlo (cf. 2:13; 6:4; and 11:55) na mayroong pang-apat na makikita sa "isang pista" sa 5:1.

**11:57** Ito ay isa pang pagpunang editoryal ni Juan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit hinayaan ni Hesus na mamatay si Lazaro?
2. Sino ang pinatutungkulan ng himala?
3. Ang kaibahan ng pagbibigay-buhay at pagbibigay-malay?
4. Bakit lubhang nangilabot ang mga pinunong Hudyo sa pagpapabangon kay Lazaro?

# JUAN 12

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagpapahid sa Betaniya | Ang Pagpapahid sa Betaniya | Ang Pagpapahid sa Betaniya | Si Hesus ay Pinahiran sa Betaniya | Ang Pagpapahid sa Betaniya |
| 12:1-8 | 12:1-8 | 12:1-8 | 12:1-6 | 12:1-8 |
| | | | 12:7-8 | |
| Ang Banta Laban kay Lazaro | Ang Planong Pagpatay kay Lazaro | | Ang Banta Laban kay Lazaro | |
| 12:9-11 | 12:9-11 | 12:9-11 | 12:9-11 | 12:9-11 |
| Ang Matagumpay na Pagpasok Sa Herusalem | Ang Matagumpay na Pagpasok | Linggo ng Palma | Ang Matagumpay na Pagpasok sa Herusalem | Mesias ay pumasok sa Herusalem |
| 12:12-19 | 12:12-19 | 12:12-19 | 12:12-13 | 12:12-19 |
| | | | 12:14 | |
| | | | 12:15 | |
| | | | 12:16 | |
| | | | 12:17 | |
| | | | 12:18-19 | |
| Ilang Griyego'y naghanap kay Hesus | Ang Mabungang Butil ng Trigo | Pagtatapos ng Pang-madlang Ministeryo ni Hesus | Ilang Griyego'y naghanap kay Hesus | Paghayag ni Hesus ng Kanyang kamatayan at Pagluluwalhati |
| 12:20-26 | 12:20-26 | 12:20-26 | 12:20-21 | 12:20-28a |
| | | | 12:22-26 | |
| Ang Anak ng Tao ay dapat na maitaas | Hinulaan ni Hesus ang kanyang kamatayan sa Krus | | Si Hesus ay nagsalaysay sa kanyang kamatayan | |
| 12:27-36a | 12:27-36 | 12:27-36a | 12:27-28a | |
| | | | 12:28b | 12:28b |
| | | | 12:29 | 12:29-32 |
| | | | 12:30-33 | |
| | | | | 12:33-36a |
| | | | 12:34 | |
| | | | 12:35-36a | |
| Ang Di-Pananampalataya ng Hudyo | Sino ang maninuwala sa ating Ulat? | | Ang Di-Pananampalataya ng Tao | |
| 12:36b-43 | | 12:36b-43 | 12:36b-38 | 12:36b |
| | 12:37-41 | | | Paglalagom: Ang Di-pananampalataya ng mga Hudyo<br>12:37-38 |
| | | | 12:39-40 | 12:39-40 |
| | | | 12:41 | 12:41 |
| | Lumakad sa Liwanag | | 12:42-43 | 12:42-50 |
| Paghahatol sa Salita ni Hesus | 12:42-50 | | Paghahatol sa Salita ni Hesus | |
| 12:44-50 | | 12:44-50 | 12:44-50 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-50

A. Lahat ng apat na Ebanghelyo ay nagtala ng pagpapahid kay Hesus ng isang babae. Samakatuwid, ang pangyayaring ito ay may kahalagahan sa mga may-akda ng Ebanghelyo. Subalit, sa Marcos 14:3-9, Mateo 26:6-13, at Juan 12:2-8 ay tinukoy siya bilang si Maria ng Betanya, kapatid na babae ni Lazaro, habang ang Lucas 7:36-50 ay tinukoy siya bilang isang makasalanang babae sa Galilea.

B. Ang kabanata 12 ang masasara ng pang-madlang ministeryo ni Hesus (cf. v. 29). Sinubukan niyang ulit-uliting dalhin sa pananampalataya ang mga pinunong Hudyo. Ang kabanata 11 ay ang Kanyang pagsubok na dalhin ang mga mamamayan ng Herusalem sa pananampalataya.

C. May limang pangkat ng tao ang binanggit sa kabanatang ito..
   1. ang karamihan ng tao na nakasaksi sa pagbibigay-malay kay Lazaro, v. 17
   2. ang karamihan ng tao sa Herusalem, v. 9
   3. ang karamihan ng tao na naglalakbay sa darating na Paskuwa, vv. 12,18,29,34
   4. maaaring ang karamihan ng tao sa mga Hentil, v. 20
   5. maaaring ang karamihan ng tao sa mga Pinunong Hudyo na nanampalataya sa Kanya, v. 42

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 12:1-8

**1 Anim na araw nga bago magpaskua ay naparoon si Hesus sa Betania, na kinaroroonan ni Lazaro, na ibinangon ni
Hesus mula sa mga patay. 2 Kaya't iginawa siya doon ng isang hapunan: at si Marta ay naglilingkod; datapuwa't si Lazaro
ay isa sa nangakaupo sa pagkain na kasalo niya. 3 Si Maria nga'y kumuha ng isang libra ng unguentong taganas na nardo,
na totoong mahalaga, at pinahiran ang mga paa ni Hesus, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok: at
ang bahay ay napuno ng amoy ng unguento. 4 Datapuwa't si Hudas Iscariote, na isa sa kaniyang mga alagad, na sa kaniya'y
magkakanulo, ay nagsabi, 5 Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha?
6 Ito'y sinabi nga niya, hindi sapagka't ipinagmalasakit niya ang mga dukha; kundi sapagka't siya'y magnanakaw, at
yamang nasa kaniya ang supot ay kinukuha niya ang doon ay inilalagay. 7 Sinabi nga ni Hesus, Pabayaan ninyong ilaan niya
ito ukol sa araw ng paglilibing sa akin. 8 Sapagka't ang mga dukha ay laging nasa inyo; nguni't ako'y hindi laging nasa inyo.**

**12:1 "Anim na araw nga bago magpaskua"** Ito ay isang magkaibang pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari mula sa Mateo 26:2. Ito ay dapat tandaan na ang pangunahing pagtuon ng Ebanghelyo ay hindi ang pagkakasunod-sunod, kundi ang mga kumakatawan sa mga pagkilos ni Hesus na nagpapahayag ng katotohanan patungkol sa Kanyang persona at gawain. Ang Ebanghelyo ay hindi mga talambuhay ngunit ngunit pang-ebanghelyong mga babasahin sa pinag-uukulang mga pangkat.

**12:2 "sila"** Ito ay tumutukoy sa taong-bayan ng Betanya, na nagbigay ng hapunan para kay Hesus at Kanyang mga alagad bilang pagkilala sa pagpapagising ng Kanyang Lazaro. Datapuwat, sa Mateo 26:6, ito ay nangyari sa tahanan ni Simon ang

Ketongin.

**12:3 "libra"** Ito ay isang salitang Latin na tumutukoy sa Romanong Libra, na katumbas sa 12 onsa. Ang mamahaling pabango ay maaaring ang dote sa kasal ni Maria. Maraming di pa kinakasal na mga babae ay nagsusuot ng ganitong uri ng pabango sa mga lalagyan sa paligid ng kanilang mga leeg.

▣

**NASB** **"isang libra ng unguentong taganas na nardo, na totoong mahalaga"**
**NKJV** **"isang libra ng napaka-mahal na langis ng nardo"**
**NRSV** **"isang libra ng mamahaling pabango na dalisay na nardo"**
**TEV** **"isang buong gatang ng napakamahal na pabango ng purong nardo"**
**NJB** **"isang libra ng napaka-mahal na pamahid, dalisay na nardo"**

Napakadaming mga haka-haka patungkol sa kahulugan ng PANG-URI: (1) dalisay; (2) likido; o (3) isang pangalan ng lugar. Ang mismong pabango ay mula sa ugat ng *aromatic-Himalayan* na napaka-mahal. Tingnan si James M Freeman, *Manners and Customs of the Bible*, pp. 379-380.

▣ **"pinahiran ang mga paa ni Hesus"** Ang ibang tala ng Ebanghelyo sa katulad ng pangyayari (maaaring pagpapasalamat ni Maria sa pagpapabangon kay Lazaro, v. 2) ay nagpapahayag ng pagpapahid ng babae sa Kanyang ulo. Maliwanag na pinahiran ni Maria ang buo Niyang katawan, simula sa Kanyang ulo at patungo sa Kanyang paa. Ang dahilan kung bakit nakita ang paanan ni Hesus ay Siya ay nakasandal on Kanyang kaliwang siko sa mababang hapag.

Ito ay isa sa mga may dalawang kahulugan. Ang pangtimpla na ito ay ginamit sa paghahanda ng isang katawan sa paglilibing (cf. 19:40). Naunawaan ni Maria ang mensahe ni Hesus patungkol sa nalalapit niyang kamatayan higit sa pagkakaunawa ng mga alagad (cf. v. 7). Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagpapahid sa 11:2.

▣ **"at ang bahay ay napuno ng amoy ng pabango"** Isang maliwanag na detalye ng saksi (editoryal). Maliwanag na naaalala ni Juan ang pangyayari!

**12:4 "Hudas Iscariote"** Ang salitang "Iscariote" ay may dalawang maaaring pinagmulan: (1) isang lungsod ng Judah (Kerioth cf. Josh. 15:25) o (2) ang salita para sa "kutsilyo ng mamamatay-tao." Sa lahat ng mga manunulat ng Ebanghelyo, si Juan ay may pinaka-masakit na pahayag kay Hudas (cf. v. 6). Tingnan ang Buong Tala sa 6:70-71.

▣ **"magkakanulo"** Ito ay isa na namang pagpunang editoryal. Ang salitang ito ay karaniwang walang pakahulugang ganito. Ito ay nangangahulugang literal na "ibigay" o "magpalaya" sa kahulugang pang-batas o ipagkatiwala ang isang bagay sa iba. Tingnan ang tala sa 18:2.

**12:5 "tatlong daang denario"** Ang isang denario ay katumbas ng isang araw na sahod, samatuwid, ito ay halos isang taong sahod.

**12:6** Ito ay isa na namang pagpunang editoryal. Si Juan, higit sa iba pang manunulat ng Ebanghelyo, ay hinahatulan si Hudas.

▣

**NASB, NKJV** **"ang supot ng salapi"**
**NRSV** **"ang pangkaraniwang pitaka"**
**TEV** **"ang bayong ng salapi"**
**NJB** **"ang karaniwang yaman"**

Ang salitang ito ay nangangahulugang "isang maliit na kahon." Ito ay orihinal na ginamit ng mga manunugtog upang dalhin ang kanilang mga gamit pangbibig.

▣ **"kinukuha niya ang doon ay inilalagay"** Ang Griyegong salita ay "dalhin." Ito ay ginamit sa dalawang magkaibang kahulugan: (1) kanyang dinadala ang kahon ngunit (2) gayundin kanyang dinadala ang mga laman ng kahon. Ang pahayag na ito ay maaaaring naisama upang ipakita ang malasakit ni Hudas sa mga mahihirap sa v. 5 na sa katotohanan ay isang dahila upang siya ay makapagnakaw.

**12:7** Ito ay isang kakaibang talata. Ito ay maliwanag na inuugnay sa paggawa ng pagbibigay at debosyon sa katulad pamamaraang ginawa sa isang paglilibing (cf. 19:40). Ito ay isa namang mga pahayag ng propesiya ni Juan

**12:8 "Sapagka't ang mga dukha ay laging nasa inyo"** Ito ay kaugnay sa Deuteronomio 15:4,11. Ito ay hindi isang punang paghahamak sa mga dukha ngunit isang pagbibigay diin sa presensya ng Mesias kay Hesus (cf. v. 35; 7:33; 9:4). Ang OT ay natatangi sa mga panitikan ng *Ancient Near East* sa mga karapatan at inutos na pagkalinga para sa mahihirap.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:9-11**

**[9]Ang karaniwang mga tao nga sa mga Judio ay naalaman na siya'y naroroon: at sila'y nagsiparoon, hindi dahil kay Hesus lamang, kundi upang makita nila si Lazaro naman, na muling ibinangon niya mula sa mga patay. [10]Datapuwa't nangagsanggunian ang mga pangulong saserdote upang kanilang maipapatay pati si Lazaro; [11]Sapagka't dahil sa kaniya'y marami sa mga Judio ang nagsisialis at nagsisipanampalataya kay Hesus.**

**12:9 "Ang karaniwang mga tao nga sa mga Judio ay naalaman na siya'y naroroon"** Ito ay isang di-karaniwang gamit ng salitang "mga Hudyo" sa Juan. Karaniwan itong tumutukoy sa mga pinunong pang-relihiyon na sumasalungat kay Hesus. Ngunit, sa 11:19, 45; 12:17, ito ay tila tumutukoy sa mga taong-bayan ng Herusalem na mga kaibigan ni Lazaro at dumating sa kanyang lamay.

**12:10 "nangagsanggunian ang mga pangulong saserdote upang kanilang maipapatay pati si Lazaro"** Nais nilang tanggalin ang katunayan! Ang kanilang mga motibo ay pagkatakot (cf. 11:48) at panibugho (cf. 11:48; 12:11).

Sila ay mayrong pag-iisip na ang gawang pagbibigay-malay ni Hesus ay isang kakaiba, pambihirang pangyayari. Ang kabulagan at pagkiling ng mga pinunong Hudyo ay nagpapakita ng kadiliman ng nalugmok na sangkatauhan.

**12:11** Ito ay maiuugnay pabalik sa 11:45. Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Juan ng PANDIWANG "manampalataya" sa 2:23.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 12:12-19**

**[12]Nang kinabukasan ang isang malaking karamihan na nagsiparoon sa pista, pagkabalita nila na si Hesus ay dumarating sa Herusalem, [13]Ay nagsikuha ng mga palapa ng mga puno ng palma, at nagsilabas na sumalubong sa kaniya, na nagsisigawan, Hosanna: Mapalad ang pumaparito sa pangalan ng Panginoon, sa makatuwid baga'y ang Hari ng Israel. [14]At si Hesus, pagkasumpong sa isang batang asno, ay sumakay doon, gaya ng nasusulat, [15]Huwag kang matakot, anak na babae ng Sion: narito, ang iyong Hari ay pumaparito, na nakasakay sa isang anak ng asno. [16]Ang mga bagay na ito ay hindi napagunawa ng kaniyang mga alagad sa pasimula: nguni't nang si Hesus ay maluwalhati na, ay saka nila naalaala na ang mga bagay na ito ay sinulat tungkol sa kaniya, at kanilang ginawa ang mga bagay na ito sa kaniya. [17]Ang karamihan ngang kasama niya nang tawagin niya si Lazaro mula sa libingan, at siya'y ibangon sa mga patay, ay siyang nangagpapatotoo. [18]Dahil dito rin naman ang karamihan ay nagsiyaon at sumalubong sa kaniya, sapagka't nabalitaan nila na siyang gumawa ng tandang ito. [19]Ang mga Fariseo nga'y nangagsangusapan, Tingnan ninyo kung paanong kayo'y walang anomang ikapanaig; narito, ang sanglibutan ay sumusunod sa kaniya.**

**12:12-19** Ito ang salin ni Juan sa matagumpay na pagpasok ni Hesus sa Herusalem (cf. Mateo 21:1-11; Marcos 11:1-11; Lucas 19:29-38).

**12:12 "malaking karamihan na nagsiparoon sa pista"** May tatlong mga pistang araw para sa mga Hudyong kalalakihan (cf. Exodo 23:14-17; Levitico 23; Deuteronomio 16:16). Ang panghabang-buhay na pagnanais ng mga Hudyo na naninirahan sa labas ng Palestina (Diaspora) ay ang makadalo sa isang pista sa Herusalem. Sa loob ng panahon ng nakatakdang mga pista, ang Herusalem ay umusbong mula sa tatlo hanggang limang beses sa kanyang karaniwang populasyon. Ang parirala ay tumutukoy sa malawak na bilang ng mga mausisang manlalakbay na nakaparinig kay Hesus at nagnanais na makita Siya (cf. 11:56).

**12:13 "mga palapa ng mga puno ng palma"** Ito ay hindi karaniwang Griyegong parirala para sa mga sanga ng palma. May ilang naniniwala na sa isang panahon ang mga palma ay lumago sa mga tarik ng Bundok Olibo (i.e., Josepho), habang ang iba ay naniniwalang ito ay inangkat mula sa Jericho. Ito ay tila naging isang sagisag ng pagkapanalo o tagumpay (cf. Pahayag 7:9). Sila ay ginagamit ng taunan para sa Pista ng mga Tabernakulo (cf. Lev. 23:40) at ang Paskwa (kaugalian mula sa panahon ng Macabeo).

▣ **"*nagsimulang* nagsisigawan"** Ito ay isang DI-GANAP NA PAMANAHON na naghahayag ng (1) naulit na pagkilos sa nakalipas o (2) ang panimulang ng isang pagkilos sa nakalipas.

▣ **"Hosana"** Ang salita ay nangangahulugang "magligtas ngayon" o "nakikiusap na iligtas" (cf. Awit 118:25-26). Sa panahon ng kaugalian ng Paskwa ang pagsasaysay ng mga Awit ng Hillel (cf. Awit 113-118) ay nangyari habang ang mga manlalakbay ay lumalakad papuntang templo. Marami sa mga pagkilos at mga parirala ay nauulit ng taunan sa panahon ng pista ng Paskwa. Ngunit sa partikular na taon ay natagpuan nila ang lubusang kahulugan kay Hesus! Ang karamihan ng tao ay nakita ito. The Ang mga Fariseo ay kinilala ito.

▣ **"ANG PUMAPARITO SA PANGALAN NG PANGINOON"** Ito ang lubusang inaangkin ni Hesus. Siya ang Isang naparito! Siya ay kumakatawan kay YHWH.

▣

**NASB** **"sa makatuwid baga'y ang Hari ng Israel"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV, NJB** **"ang Hari ng Israel"**

Ang pariralang ito ay hindi bahagi ng Awit, ngunit idinagdag ng karamihan ng tao. Ito ay tila isang tuwirang sanggunian kay Hesus bilang Haring Mesias na ipinangako sa II Samuel 7 (cf. 1:49; 19:19).

**12:14 "isang batang asno"** Ang mga asno ay ang maharlikang pnag-militar na sinasakyan ng mga Hari ng Israel (cf. I Hari 1:33,38,44). Tanging ang hari ang nakasakay sa kanyang anso, samakatuwid, ito ay napaka-halaga na si Hesus ay nakasakay sa isang asno na hindi pa nangyari sa nakalipas (cf. Marcos 11:2).

**12:14-15 "gaya ng nasusulat"** Ito ay isang sipi mula sa Zacarias 9:9. Ang maliit na asno ay nagpapakita hindi lang ng pagiging Haring Mesias kundi ng pakumbabaan. Si Hesus ay hindi naparito bilang isang mananakop na pang-militar na katahuan na inaasahan ng mga Hudyo, ngunit ang Nagdurusang Lingkod ng Isaiah 53 na nakasakay sa maliit na asno.

**12:16 "Ang mga bagay na ito ay hindi napagunawa ng kaniyang mga alagad sa pasimula"** Ito ay isa na namang saksi, masakit na alaala ni Juan. Ito ay isang nauulit na paksa (cf. 2:22; 10:6; 16:18; Marcos 9:32; Lucas 2:50; 9:45; 18:34). Tanging pagkatapos ng pag-akyat sa langit at Pentecost ang kanilang mga mata ay lubusang nabuksan.

▣ **"nguni't nang si Jesus ay maluwalhati na, ay saka nila naalaala"** Ito ay isa sa mga gawain ng Banal na Espiritu (cf. 14:26 at 2:22).

Ipinapakita muli nito na ang mga manunulat ng Ebanghelyo ay binalangkas ang kanilang mga Ebanghelyo mula sa mga karanasan ng nabuhay na si Kristo. Ang mga Sinoptiko ay nagpapakilala kay Hesus sa makasaysayang paglago at itinago ang kanyang kaluwalhatian hangang sa kasukdulan ng kanilang pagpapakilala, ngunit sinulat ni Juan ang buong Ebanghelyo sa liwanag ng naluwalhating Mesias. Ang Ebanghelyo ay nagpapakita ng nahuling mga ala-ala at mga pangangailangang pananampalataya ng mga taong kinasihan. Kaya, mayroong dalawang pangkasaysayang mga tagpo (Si Hesus at ang mga anunulat ng Ebanghelyo), na kapwa ay kinasihan.

▣ **"naluwalhati"** See note at 1:14.

**12:17** Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Saksi kay Hesus sa 1:8. Tingnan ang mga Kaisipang Kontekstuwal, C.

**12:19 "Ang mga Fariseo nga'y nangagsangusapan"** Ito ay isa pang paunang pag-aanino ng propesiya. Inuugnay ito sa (1) mga Hudyo, 11:48; 12:11 at (2) mga Hentil, vv. 20-23. Ipinapakita ni ang dalawang pangkasaysayang mga tagpo: Ang buhay ni Hesus at ang naunang iglesiya.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 12:20-26

**20 Mayroon ngang ilang Griyego sa nagsiahon sa kapistahan upang magsisamba: 21 Ang mga ito nga'y nagsilapit kay Felipe, na taga Betsaida ng Galilea, at nagsipamanhik sa kaniya, na sinasabi, Ginoo, ibig sana naming makita si Hesus. 22 Lumapit si Felipe at sinabi kay Andres: lumapit si Andres, at si Felipe, at kanilang sinabi kay Hesus. 23 At sinagot sila ni Hesus, na nagsasabi, Dumating na ang oras, na ang Anak ng tao ay luluwalhatiin. 24 Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, ay natitira siyang magiisa; nguni't kung mamatay, ay nagbubunga ng marami. 25 Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito; at ang napopoot sa kaniyang buhay sa sanglibutang ito ay maiingatan yaon sa buhay na walang hanggan. 26 Kung ang sinomang tao'y naglilingkod sa akin, ay sumunod sa akin; at kung saan ako naroroon, ay doon naman doroon ang lingkod ko: kung ang sinomang tao'y maglingkod sa akin, ay siya'y pararangalan ng Ama.**

**12:20 "ilang Griyego"** Ito ay ginamit bilang mga Hentil, hindi particular sa etnikong mga Griyego.

▣ **"sa nagsiahon sa kapistahan upang magsisamba"** Ang PANGKASALUKUYANG PAMANAHON ay nagpapahiwatig na sila ay may ugaling pumunta sa Pista. Sila ay alinman sa (1) mga may-takot sa Diyos o (2) mga naging Hudyo sa pintuang-bayan. Ang una ay mga regular na pananambahan sa sinagoga at ang pangalawa ay opisyal na nagbagong-loob sa pananampalatayang Hudyo.

**12:21 "nagsipamanhik sa kaniya"** Ito ay isang DI-GANAP NA PAMANAHON na nangangahulugang (1) sila ay nagtanong nang paulit-ulit o (2) sila ay nagsimulang magtanong. Nais nila ang isang pribadong panayam kay Hesus. Malinaw na ito na ang

huling sandali ng orasan ng propesiya bago mamatay si Hesus Hesus (cf. v. 23).

**12:22** Sina Felipe (maibigin sa mga kabayo) at Andres (pang-lalaki) ay dalawa lamang sa mga Apostol na may Griyegong mga pangalan. Marahil, ito ay magpapahintulot sa mga Griyego (i.e., mga Hentil) na maramdaman na sila ay makakalapit sa kanila.

**12:23 "Dumating na ang oras"** Ito ay GANAP NA PAMANAHON. Kadalasang ginagamit ni Juan ang salitang "ang oras" upang tumukoy sa pagpapapako at muling pagkabuhay bilang mga tugatog ng mga pangyayari sa misyon ni Hesus (cf. 12:27; 13:1, 32; 17:1). Inihayag ni Hesus na Siya ay naparito para sa mga nawawalang tupa ng Israel (cf. Mateo 15:24). Ngayon ang Kanyang mensahe ay upang maabot ng mga Hentil!

▣ **"ang Anak ng Tao"** Ito ay isang Aramaikong parirala na payak na nangangahulugang "taong nilalang" (cf. Awit 8:4; Ezekiel 2:1). Subalit, ito ay ginamit sa Daniel 7:13 na may karagdagang kahulugan ng pagka-Diyos. Ito ang sariling talagang titulo ni Hesus na pinagsasama ang Kanyang dalawang mga likas, pagka-tao at pagka-Diyos (cf. I Juan 4:1-3).

▣ **"upang maluwalhati"** Ang kamatayan ni Hesus ay palaging tumutukoy sa "Kanyang Kaluwalhatian." Ang salitang "kaluwalhatian" ay ginamit ng maraming beses sa ganitong konteksto (cf. vv. 28 [dalawang beses]; 32, and 33). Ito ay palaging ginagamit upang tukuyin ang kamatayan at muting pagkabuhay ni Hesus (cf. 13:1,32; 17:1). Tingnan ang tala sa 1:14.

**12:24 "Maliban ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay"** Ito ay wikang kababalaghan o wikang naglalarawan, mga bagay sa kanilang paglitaw sa limang mga pandama. Ang isang binhi ay makakapagbung ng maraming binhi (cf. 15:2,4,5,8,16; I Corinto 15:36). Ang Kanyang kamatayan ay makakapagdala sa marami ng tunay na buhay (cf. Marcos 10:45).

▣ **"kung"** Ito ay isang sunod-sunod na PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI sa kontekstong ito ay nangangahulugan ng potential na pagkilos (cf. vv. 24,26,32,47).

**12:25 "Ang umiibig sa kaniyang buhay ay mawawalan nito"** Ito ay isang paglalaro sa Griyegong salita *psychē,* na tumutukoy sa pinaka diwa ng katangian ng tao o *life force* (cf Mateo 10:39; 16:24-25; Marcos 8:34-35; Lucas 9:23-24). Minsang ang sinuman ay nagtiwala kay Kristo, siya ay binigyan ng bagong buhay. Ang bagong buhay na ito ay isang kaloob mula sa Diyos upang maglingkod, at hindi sa personal na gamit. Ang mga mananampalataya ay katiwala sa bagong buhay na ito. Tayo ay pinalaya mula sa pagiging alipin sa kasalanan upang maging mga lingkod ng Diyos (cf. Roma 6:1-7:6).

Ang mga bulaan pastol ng kabanata 10 ay sinubukang "iligtas" ang kanilang sarili sa pagtakbo. Ngunit si Hesus ay ibinigay ang Kanyang sarili, dapat din, tularan ito ng mga mananampalataya (cf. II Corinto 5:12-15; Galacia 2:20).

▣ **"mawawalan nito"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG MAY PAHIWATIG. Ang salita (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 10:10) na nangangahulugang "wasakin," isa pang salita na may dalawang kahulugan. Ito ay kabaliktaran ng "walang hanggang buhay." Kung ang sinuman ay walang pananampalataya kay Kristo, ito lamang ang pamimilian. Ang pagkawasak na ito ay hindi pagkalipol, ngunit ang pagkawala ng personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos (ito ang diwa ng Impyerno).

▣ **"napopoot"** Ito ay isang Hebreong salita ng paghahambing. Ang Diyos ang dapat inuuna (cf. mga asawa ni Jacob, Genesis 29:30,31; Deuteronomio 21:15; Esau and Jacob, Mal. 1:2-3; Roma 10-13; sariling pamilya, Lucas 14:26).

▣ **"buhay"** Ito ay Griyegong salitang *zoē*. Ito ay palagiang ginagamit sa Juan upang tumukoy sa (1) Espiritwal na Buhay; (2) walang hanggang buhay; (3) buhay ng bagong panahon; at (4) buhay sa muling pagkabuhay. Ang tunay na buhay ay isang kalayaan mula sa bagsik ng "sarili," na siyang diaw ng Pagbagsak.

**12:26 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng potential na pagkilos.

▣ **"sumunod sa akin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na nagpapahayag ng isang nagpapatuloy na pakikipag-ugnayan (cf. Juan 15). Ito ay isang napapabayang paksa ng pagtitiis (Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Pangangailangan sa Pagtitiis sa 8:31). Ang paksang ito ay kadalasang naliligalig ng teolohikal na pag-igting sa pagitan ng isang makapangyarihang Diyos at pagpapasiya ng tao. Ngunit, pinakamahusay na makita ang kaligtasan bilang isang karanasang pangkasunduan. Ang Diyos ang palaging nagpapasimula (cf. 6:44,65) at nagtatalaga ng *agenda*, ngunit Siya rin ay humihingi na pagtugon ng tao sa kanyang kaloob na pagsisisi at pananampalataya (cf. Marcos 1:15; Gawa 20:21), kapwa bilang isang panimulang pagpapasiya at isang panghabang-buhay ang pagiging alagad. Ang pagtitiis ay katunayan na kilala natin Siya (cf. Mateo 10:22; 13:20-21; Galacia 6:9; I Juan 2:19; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21).

Ang doktrinang Kristiyano, na batay sa Bibliya, ay kadalasang na kabalintunaan, puno ng magkatambal na pag-iigting. Ang panitikang Silanganin ay kakakitaan ng matalinghaga, magkaibang mga huwarang pangkaisipan. Kadalasang ang mga makabagong kanluraning mambabasa ay ipinipilit ang mga talinghaga bilang alinman sa/o mga pamimilian kung ang kanilang pakahulugan ay pareho/at mga katotohanan.

Upang ilarawan ang aking mga puna, aking isinama ang isang bahagi mula sa *Bible Interpretation Seminar* pinamagatang mga Kabalintunaan sa Bibliya: "Mga Kabalintunaan sa Bibliya

1. Ang kaalamang ito ay naging napakalaking tulong sa aking sarili bilang isang nagmamahal at nagtitiwala sa Bibliya bilang Salita ng Diyos. Sa pagsubok na gamiting ang Bibliya nang may lubhang pagpapahalaga, naging malinaw na ang mga iba't-ibang talata ay naghahayag ng katotohanan sa pinili, hindi systematikong mga paraan. Ang isang kinasihang talata hindi magpapawalang-bisa o magpapababa sa iba pang kinasihang talata! Ang katotohanan ay dumarating sa pagkaalam ng lahat ng Banal na kasulatan (lahat ng kasulatan, hindi lamang iilan, ang kinasihan, cf. II Timoteo 3:16-17), hindi sa pagsipi ng isang talata (*proof-texting*)!
2. Karamihan ng mga biblical na katotohanan (silanganin panitikan) ay ipinapakilala sa *dialectical* o magkatambal na kabalintunaan (tandaan na ang mga NT manunulat, maliban kay Lucas, ay mga palaisip na Hebreo, na nagsusulat sa karaniwang Griyego). Ang panitikang Karunungan at panitikang patula ay naghahayag ng katotohanan sa magkatulad na linya. Ang *antithetical* na pagkakatulad ay gumaganap bilang kabalintunaan. Ang *synthetic* na pagkakatulad ay gumaganap katulad ng isang magkatugmang mga talata. Sa anumang paraan kapwa ay kapwa totoo! Ang mga kabalintunaang ito ay mahirap sa ating tinatangi, mga payak na tradisyon!
    a. paunang pagtatalaga laban sa malayang pagpili ng tao
    b. katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangan sa pagtitiis
    c. orihinal na kasalanan laban sa pinagpasiyahang kasalanan
    d. Si Hesus bilang Diyos laban sa si Hesus bilang tao
    e. Si Hesus bilang katumbas ng Ama laban sa si Hesus bilang nagpapasakop sa Ama
    f. Bibliya bilang Salita ng Diyos laban sa mga taong manunulat
    g. kawalan ng kasalanan (*perfectionism*, cf. Roma 6) laban sa pagigin kaunti ng kasalanan
    h. panimulang pag-aaring-ganap at pagpapaging-banal laban sa lumalagong pagpapaging-banal
    i. pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya (Romans 4) laban sa pag-aaring-ganap na pinatunayan ng mga gawa (cf. Santiago 2:14-26)
    j. Kalayaan ng mga Kristiyano (cf. Roma 14:1-23; I Corinto 8:1-13; 10:23-33) laban sa pananagutan ng mga Kristiyano (cf. Galacia 5:16-21; Efeso 4:1)
    k. ang pagka-mataas ng Diyos laban sa Kanyang panloob na katangian
    l. Ang Diyos bilang di makikilala sa katapusan laban sa makikilala sa Banal na Kasulatan at kay Kristo
    m. maraming mga talinghaga ni Pablo para s kaligtasan
        (1) pagkukupkop
        (2) pagpapaging-banal
        (3) pag-aaring-ganal
        (4) pagtutubos
        (5) pagluluwalhati
        (6) pagtatalaga sa una
        (7) pagkakasundo
    n. ang kaharian ng Diyos sa kasalukuyan laban sa panghihinaharap na pagkakalubos
    o. pag-sisisi bilang isang kaloob ng Diyos laban sa pag-sisisi bilang itinalagang pagtugon para sa kaligtasan (cf. Marcos 1:15; Gawa 20:21)
    p. ang OT ay namamalagi laban sa ang OT ay lumipas na at nawala at walang laman (cf. Mateo 5:17-19 vs. 5:21-48; Roma 7 vs. Galatia 3)
    q. ang mga mananampalatay ay mga lingkod/alipin o mga anak/tagapagamana are"

▣ **"at kung saan ako naroroon, ay doon naman doroon ang lingkod ko"** Ang paksa ay inuulit sa 14:3; 17:24; II Corinto 5:8; Filipos 1:23; I Thesalonica 4:17! Ang Kristiyanismo ay pangunahing isang personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos! Ang layunin ay ugnayan: Kanyang presensya, Kanyang pakikisama!

Tayo ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos (cf. Genesis 1:26-27). Ang kaligtasan ay ang pagpapanumbalik ng nasirang pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden. Binibigyang-diin ni Juan na pakikipag-ugnayan ay naipanumbalik na!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 12:27-36a

**27Ngayon ay nagugulumihanan ang aking kaluluwa; at ano ang aking sasabihin? Ama, iligtas mo ako sa oras na ito.**
**Nguni't dahil dito ay naparito ako sa oras na ito. 28Ama, luwalhatiin mo ang iyong pangalan. Dumating nga ang isang**
**tinig na mula sa langit, na nagsasabi, Niluwalhati ko na, at muli kong luluwalhatiin. 29Ang karamihan ngang**
**nangaroroon, at nangakarinig, ay nagsipagsabing kumulog: sinabi ng mga iba, Isang anghel ang nakipagusap sa kaniya.**
**30Sumagot si Hesus at sinabi, Ang tinig na ito'y hindi dumating dahil sa akin, kundi dahil sa inyo. 31Ngayon ang paghatol**

**sa sanglibutang ito: ngayon ang prinsipe ng sanglibutang ito ay palalayasin. [32]At ako, kung ako'y mataas na mula sa lupa, ang lahat ng mga tao ay palalapitin ko sa akin din. [33]Datapuwa't ito'y sinabi niya, na ipinaaalam kung sa anong kamatayan ang ikamamatay niya. [34]Sinagot nga siya ng karamihan, Aming narinig sa kautusan na ang Kristo ay lumalagi magpakailan man: at paanong sinasabi mo, Kinakailangan na ang Anak ng tao ay mataas? sino ang Anak ng taong ito? [35]Sinabi nga sa kanila ni Hesus, Kaunting panahon na lamang sasagitna ninyo ang ilaw. Kayo'y magsilakad samantalang nasa inyo ang ilaw, upang huwag kayong abutin ng kadiliman: at ang lumalakad sa kadiliman ay hindi nalalaman kung saan siya tutungo. [36]Samantalang nasa inyo ang ilaw, ay magsisampalataya kayo sa ilaw, upang kayo'y maging mga anak ng ilaw.**

**12:27 "nagugulumihanan ang aking kaluluwa"** Ito ay isang GANAP NA *PASSIVE* NA MAY PAHIWATIG. Ang tagatupad (ang Ama, si Satanas, mga pangyayari, etc.) ay hindi inihayag. Ito ay isang malakas na salitang ginamit sa maraming paraan sa NT.

a. pagkatakot ni Herodes (Mateo 2:3)
b. pagkatakot ng mga alagad (Mateo 14:26)
c. ang hindi pa natapos na pagkabalisa ni Hesus (Juan 12:27; 13:21; tingnan din ang Mateo 26:38; Marcos 14:34)
d. ang Iglesiya sa Herusalem (Gawa 15:24)
e. ang panggugulo ng mga bulaang guro sa mga iglesiya sa Galacia (Galacia 1:7)

Ito ang paraan ni Juan upang maiugnay ang pantaong pakikibaka ni Hesus' human sa nalalapit na trauma ng Kanyang pagpapapako sa krus (cf. Marcos 14:32ff). Hindi tinala ni Juan ang paghihirap ni Hesus sa Gethsemane, ngunit ito ay nasa katulad na pangyayari.

▣ **"iligtas mo ako sa oras na ito"** Maraming mga pagtalakay patungkol sa tamang kahulugan ng pahayag na ito. Ito ba ay isang panalangin (i.e., Mateo 26:39)? Ito ba ay isang nakakagulat na pagtugon sa kung ano ang <u>hindi</u> dapat gawin (NET Bible)?

▣ **"dahil dito ay naparito ako sa oras na ito"** Inilatag ang buhay ni Hesus sang-ayon sa plano ng Diyos (cf. Lucas 22:22; Gawa 2:23; 3:18; 4:28) na lubos na naunawaan ni Hesus (cf. Mateo 20:28; Marcos 10:45).

**12:28 "luwalhatiin mo ang iyong pangalan"** Ang Ama ay tumugon sa v. 28b. Ang salitang "maluwalhati" ay maraming kahulugan. Ito ay maaring tumukoy sa

1. kaluwalhatian bago pa man ang paglalang (cf. 17:5)
2. ang paghahayag ni Hesus sa Ama (cf. 17:4)
3. ang pagpapapako sa krus at muling pagkabuhay ni Hesus (cf. 17:1)

Tingnan ang tala sa 1:14.

▣ **"ang isang tinig na mula sa langit"** Ang mga Rabi ay tinawag ito *bath-kol*. Simula noong panahon ni Malakias ay walang propesiyang tinig sa Israel. Kung ang kalooban ng Diyos ay dapat patunayan, ito ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng tinig mula sa langit. Ang Ebanghelyo ay nagtala ng pagsasalita ng Diyos ng tatlong beses noong panahon ni Hesus.

1. sa pagbabautismo kay Hesus, Mateo 3:17
2. sa pagbabagong-anyo, Mateo 17:5
3. sa talatang ito

**12:29 "Ang karamihan ngang nangaroroon, at nangakarinig, ay nagsipagsabing"** May dalawang paliwanag sa kung ano ang nangyari: (1) it ay kulog. Ito ay ginagamit sa pagsasalita ng Diyos sa OT (cf. II Samuel 22:14; Job 37:4; Awit 29:3; 18:13; 104:7) o (2) isang anghel na nagsalita sa Kanya. Ito ay kahawig sa pagkalito sa karanasan ni Saul sa Gawa 9:7; 22:9.

**12:30 "Sumagot si Jesus at sinabi, Ang tinig na ito'y hindi dumating dahil sa akin, kundi dahil sa inyo"** Ang pariralang ito ay isang Semitikong paghahalintulad. Ito ay nangangahulugang ito sa hindi para lang sa kanila kundi pangunahing para sa kanila (cf. 11:42).

**12:31 "Ngayon ang paghatol sa sanglibutang ito"** Ito ay isang pagkakatulad na pagkakagawa sa mga sumusunod na parirala ("ang prinsipe ng sanglibutang ito ay palalayasin"). Ang panahon na ito ay mangyayari ay hindi binanggit (Tingna ang Natatanging Paksa na susunod).

Ako ay sumasang-ayon kay F. F. Bruce, *Answers to Questions* (p. 198), na ang v. 31 ay isa na namang halimbawa na kung anong tinatawag ni C. H. Dodd na "*realized eschatology*." Para kay Juan, Nadala na ni Hesus ang kaligtasan sa mga mananampalataya at paghahatol sa mga di-mananampalataya. Sa isang kaunawaan ito ay katulad ng pang-bariralang anyo na tinatawag na "GANAP NA PANG-PROPESIYA." Isang panghinaharap na bagay na may katiyakan ay naihayag na nagaganap na!

▣ **"ang prinsipe ng sanglibutang ito"** Ito ay tumutukoy sa isang personal na lakas ng kasamaan (cf. 14:30; 16:11) na kilala sa Hebreo bilang "Satanas" o "kalaban" (cf. Job 1-2) o sa Griyego bilang "ang demonyo" o "maninirang-puri" (cf. Mateo 4:1,5,8,11; 13:39; 25:41; Juan 6:70; 8:44; 13:2; II Corinto 4:4; Efeso 2:2). Ang mga pangalan na ito ay magkasingkahuugan sa

Mateo 4:1-11 and Juan 13:2,27. Siya ay pinalayas sa langit upang hindi siya makapagpatuloy na magbintang/manirang-puri sa mga taga-sunod ni Hesus.

## NATATANGING PAKSA: PERSONAL NA KASAMAAN

Ito ay isa sa pinakamahirap na paksa sa maraming mga kadahilanan.

1. Ang OT ay hindi naghahayag ng punong kaaway ng mabuti, ngunit isang lingkod ni YHWH na nagbibigay sa sangkatauhan ng isang kapalit at nagbibintang sa sangkatauhan sa kawalang katuwiran (A. B. Davidson, *Old Testament Theology,* pp. 300-306).
2. Ang pagkaunawa sa isang personal na punong kaaway ng Diyos ay lumago sa mga panitikang *inter-biblical* (wala sa kanon) sa ilalim ng inpluwensiya ng relihiyong Persiyano (*Zoroastrianism*). Ito, sa kabilang banda, ay malaki ang inpluwensiya sa rabinikal na Judaismo.
3. Ang NT ay pinaunlad ang paksa ng OT sa nakakagulat na katapangan, ngunit sa mga piling, mga uri.

Kung ang isa ay lalapit sa pag-aaral ng kasamaan mula sa pananaw ng teolohiyang biblikal (bawat aklat o may-akda o genre ay may bukod na pag-aaral at pagbabalangkas) kung gayon ay may mga iba't-ibang mga pananaw sa kasamaan ay nahahayag.

Kung, subalit, ang isa ay lalapit sa pag-aaral sa kasamaan mula sa isang di-biblikal o labas sa bibliyang paglapit sa mga relihiyon ng mundo o silangang mga relihiyon, kung gayon maraming pag-unlad sa NT ay anino sa Persyanong dualismo at espiritualismo ng *Greco-Roman.*

Kung ang isa ay may paunang-pagpapalagay ng pagtitiwala sa kapamahalaan ng Banal na Kasulatan, gayunman ang pag-unlad ng NT ay kailangang tingnan bilang isang lumalagong kapahayagan. Ang mga Kristiyano ay kailangang magbantay laban sa pagpayag na ang kwentong Hudyo o panitikang Ingles (i.e., Dante, Milton) na lalong malinawagan ang mga kaalaman. May mga tiyak sa hiwaga at kalabuan sa bahaging ito ng kapahayagan. Pinili ng Diyos na hindi ihayag ang lahat ng aspeto ng masama, ang panimula, ang layunin, ngunit kanyang inihayag ang pagkatalo nito!

Sa OT ang salitang Satanas (BDB 966) o tagapag-usig ay tila maiuugnay sa tatlong magkakaibang pangkat

1. taong tagapag-usig (I Samuel 29:4; II Samuel 19:22; I Hari 11:14,23,25; Awit 109:6)
2. anghel na tagapag-usig (Bilang 22:22-23; Zacarias 3:1)
3. demonyong tagapag-usig (I Chronica 21:1; I Hari 22:21; Zacarias 13:2)

Noon lamang mga huling bahagi ng panahon sa pagitan ng dalawang tipan, ang ahas sa Genesis 3 ay naiugnay kay Satanas (cf. Aklat ng Karunungan 2:23-24; II Enoch 31:3), at sumunod na naging rabinikal na pamimilian (cf. *Sot* 9b and *Sanh*. 29a). Ang "mga anak ng Diyos" ng Genesis 6 ay naging masamang anghel sa I Enoch 54:6. Sila ang naging simula ng kasamaan sa rabinikal na teolohiya. Binanggit ko ito, hindi upang bigyang-diin ang katumpakang teolohikal, ngunit upang ipakita ang kanyang paglago. Sa NT ang mga pangyayari sa OT ay inuugnay sa mala-anghel, personal na kasamaan (i.e., Satanas) sa II Corinto 11:3; Pahayag 12:9.

Ang pinagmulan ng personal na kasamaan ay mahirap o imposibleng (nababatay sa iyong pananaw) malaman mula sa OT. Isang dahilan nito ay nag malakas na paniniwala ng Israel sa iisang Diyos (cf. I Hari 22:20-22; Eccl. 7:14; Isaias 45:7; Amos 3:6). Ang lahat ng sanhi ay inuukol sa Diyos upang maipakita ang Kanyang pagiging tangi at pagiging mataas (cf. Isaias 43:11; 44:6,8,24; 45:5-6,14,18,21,22).

Ang mga pinagmulan ng maaaring kaalaman ay (1) Job 1-2, kung saan si Satanas ay isa sa mga "anak ng Diyos" (i.e., mga anghel) o (2) Isaiah 14; Ezekiel 28, kung saan ang mayabang na mga haring nasa malapit na silangan (Babilonya at Tiro) ay ginamit upang ilarawan ang kayabangan ni Satanas (cf. I Timoteo 3:6). Mayroon akong magkahalong damdamin patungkol sa paglapit na ito. Si Ezekiel ay gumagamit ng mga talinghaga ng Hardin ng Eden hindi lang sa hari ng Tirobilang si Satanas (cf. Ezekiel 28:12-16), ngunit gayundin para sa hari ng Ehipto bilang Puno ng Pagkaalam ng Mabuti at Masama (Ezekiel 31). Subalit, ang Isaias 14, partikular sa vv. 12-14, ay tila naglalarawan ng isang paghihimagsik ng mga anghel sa pamamagitan ng kayabangan. Kung ang Diyos ay nais na ihayag sa atin ang partikular na kalikasan at pinagmulan ni Satanas ito ay lubhang di-ganap na paraan o lugar na gawin ito. Kailangan nating magbantay laban sa pagpapasikat ng sistematikong teolohiya sa pagkuha ng maliliit, malabong mga bahagi ng iba't-ibang mga tipan, mga may-akda, mga aklat, at mga uri ng panitikan at ang pagsasama nila bilang mga piraso ng isang palaisipang pang-Diyos.

Si Alfred Edersheim (*The Life and Times of Jesus the Messiah*, vol. 2, dagdag-dahon XIII [pp. 748-763] at XVI [pp. 770-776]) ang nagsabing na ang rabinikal na Judaismo ay lubhang naimpluwensiyahan ng Persyanong dualimso at mga demonyong pagpapalagay. Ang mga rabi ay hindi isang mabuting paggagalingan ng katotohanan para sa bahaging ito. Si Hesus ay radikal ang paghihiwalay sa mga katuruan ng Sinagoga. Sa aking pang-unawa ang rabinikal na pagkakaunawa sa pagpapagitan sa mga anghel at ang pagsalungat ng pagbibigay ng kautusan ka Moises sa Bundok ng Sinai ay nagbukas ng pintosa kaunawaanng isang punong anghel na kaaway ni YHWH gayundin ang sangkatauhan. Mayroong dalawang mataas na diyos ang Persyanong (*Zoroastrian*) dualismo, *Ahkiman* at *Ormaza*, mabuti at masama. Ang dualismong ito ay umunlad sa isang may hangganang pang-Hudyong dualismo ni YHWH at Satanas.

Mayroong tiyak na nagpapatuloy na pahayag sa NT tulad ng paglago ng kasamaan, ngunit hindi upang ipaliwanag nang husto katulad ng sinasabi ng mga rabi. Isang magandang halimbawa nito ay ang "digmaan sa kalangitan." Ang pagbagsak ni Satanas ay isang lohikal na pangangailangan, ngunit ang mga detalye ay hindi binigay. Kahit na kung ano ang binigay ay may lambong ng genre na *apocalyptic* (cf. Pahayag 12:4,7,12-13). Bagaman si Satanas ay natalo na at ipinatapon sa mundo, siya pa rin ay gumaganap bilang isang lingkod ni YHWH (cf. Mateo 4:1; Lucas 22:31-32; I Corinto 5:5; I Timoteo 1:20).

Kailangan nating pigilin ang pagkasabik sa bahaging ito. May isang personal na lakas ng tukso at kasamaan, ngunit mayroon pa ring iisang Diyos at ang sangkatauhan ay may pananagutan sa kanyang mga pagpili. Mayroong isang Espirituwal na pakikidigma, kapwa bago at pagkatapos ng kaligtasan. Ang tagumpay ay maaari lamang dumating at manatili sa at pamamagitan ng Trinidad na Diyos. Ang kasamaan ay natalo na at matatanggap!

▣ **"ay palalayasin"** Ito ay isang PANGHINAHARAP NA DI-HAYAG NA MAY PAHIWATIG. Ang Banal na Kasulatan ay hindi nagbanggit ng tiyak na panahon ng pagbagsak ni Satanas mula sa langit. Si Satanas ay maaaring ay naisalaysay sa Isaias 14 at Ezekiel 28 sa ikalawang kaunawaan. Ang mga mensaheng pang-propesiya ay tumatalakay sa mga mayayabang na hari ng Babiloniya at Tiro. Ang kanilang makasalanang pagmamataas ay sumasalamin kay Satanas (cf. Isaias 14:12,15; Ezekiel 28:16). Subalit, Si Hesus ay nagsabing si bumagsak si Satanas sa panahon ng pagmi-misyon ng pitumpu.

Mayroong paglago sa pagtalakay kay Satanas sa loob ng OT. Noong una, siya ay isang lingkod na anghel, ngunit sa pamamagitan ng pagmamataas, ay naging isang kaaway ng Diyos. Ang pinaka-mahusay na pagtalakay sa may-pagtatalong paksang ito ay matatagpuan s akda ni A. B. Davidson sa *Old Testament Theology* pp. 300-306.

**NATATANGING PAKSA: DIGMAAN SA LANGIT** (kinuha mula sa aking Komentaryo sa Pahayag)

Mayroong maraming pagtalakay sa kung ano ang petsa ng paglalaban. Tila binanggit ito ni Hesus sa Lucas 10:18 at Juan 12:31. Ngunit ang subukang maglagay ng isang pagkakasunod-sunod na panahon sa pangyayaring ito ay lubang napakahirap.

1. bago sa Genesis 1:1 (bago ang paglalalang)
2. sa pagitan ng Genesis 1:1 at 1:2 (teoriya ng puwang)
3. sa OT pagkatapos ng Job 1-2 (si Satanas sa langit)
4. sa OT pagkatapos ng I Hari 22:21 (si Satanas ay nasa konseho ng langit)
5. sa OT pagkatapos ng Zacarias 3 (Satan in heaven)
6. sa OT sa Isaias 14:12; Ezekiel 28:15 at II Enoch 29:4-5 (Mga hinatulang hari sa silangan)
7. sa NT pagkatapos ng pagtukso kay Hesus (cf. Mateo 4)
8. sa NT sa panahon ng pagmi-misyon ng pitumpu (nikita si Satanas na bumagsak mula sa langit, cf. Lucas 10:18)
9. sa NT pagkatapos ng matagumpay na pagpasok sa Herusalem (ang pinuno ng mundo ay itinapon, cf. Juan 12:31)
10. sa NT pagkatapos ng muling pagkabuhay at pag-akyat sa langit (cf. Efeso 4:8; Colosas 2:15)
11. a huling panahon (cf. Pahayag 12:7, maaaring si Satanas ay binagyo ang langit sa paghahap sa bata)

Dapat nating tingnan ito nang payak bilang eternal na pakikidigma ng Diyos at ng hukbo ng kasamaan; ang paglalabang ito ay magpapatuloy hangang sa pagkalubos ng ganap na pagkatalo ng dragon at ng kanyang mga hukbo. Sa Pahayag 20, sila ay tinanggal at inihiwalay!

**12:32 "At ako, kung ako'y mataas"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Ang salitang ito ay maaaring mangahulugang

1. maitaas (cf. 3:14)
2. napako sa krus (cf. 8:28)
3. madakila (cf. Gawa 2:33; 5:31)
4. lalong madakila (cf. Filipos 2:9)

Dito sa maramihang kahulugan ng mga salita (dalawahang kahulugan) ay nagbibigay katangian sa Ebanghelyo ni Juan.

▣ **"ang lahat ng mga tao ay palalapitin ko sa akin din"** Ito marahil ay isang pagkabangit sa kasunduang pag-ibig ni YHWH para sa Israel sa Jeremias 31:3 na siya, talagang, talata ng "ang bagong kasunduan" (cf. Jeremias 31:31-34). Sinusuyo ng Diyos ang Kanyang mga tao sa pamamagitan ng Kanyang pagmamahal at mga pagkilos para sa kanila. Ito ay katulad na matalinghagang paggamit ng salita sa Juan 6:44 at ipinaliwanag sa 6:65.

Dito ang "lahat" ay isang pangkahalatang paanyaya at pangako ang katubusan (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5; Isaias 2:2-4; Juan 1:9,12,29; 3:16; 4:42; 10:16; I Timoteo 2:4; 4:10; Tito 2:11; II Pedro 3:9; I Juan 2:2; 4:14)!

May isang mahalagang pagkakaiba sa pariralang ito. Ang "lahat" ay maaaring PANGLALAKI, na maaaring maisalin sa "lahat ng lalaki" at matatagpuan sa mga sinaunang Griyegong kasulatan $P^{75\ (VID)}$, $א^2$, B, L, and W, habang ang WALANG KASARIAN, na maaaring maisalin na "lahat ng bagay," ay matatagpuan sa $P^{66}$ and א. Kung ito ay WALANG KASARIAN, ito ay maghahayag ng pangsanlibutang pagtubos ng Kristo na katulad sa Colosas 1:16-17, na maaari marahil maglarawan ng Gnostikong maling pananampalataya na makikita sa I Juan. Ang $UBS^4$ ay nagbigay sa PANLALAKI na "B" na antas (halos tiyak).

**12:33 "Datapuwa't ito'y sinabi niya, na ipinaaalam kung sa anong kamatayan ang ikamamatay niya"** Ito ay isa na namang pagpunang editoryal ni Juan. Ito ay maiuugnay sa Deuteronomio 21:23 na ang pagbitin sa puno ay tinawag na "sinumpa na Diyos." Ito ang dahilan kung bakit ang mga pinuno ng relihiyon ay nagnais na ipako sa krus si Hesus, at hindi batuhin. Si Hesus ang nagdadala ng sumpa ng Kautusa para sa atin (cf. Galacia 3:13).

**12:34 "Sinagot nga siya ng karamihan. . . ang Cristo ay lumalagi magpakailan man"** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Awit 89:4,29,35-37. Ang OT ay inaasahan ang iisang paparitong Mesias at ang Kanyang pagtatatag ng isang pamumunong Palestiono para sa pangsanlibutang kapayapaan (cf. Awit 110:4; Isaias 9:7; Ezekiel 37:25 and Daniel 7:14). Para sa "magpakaylan man" tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:58.

▣ **"Anak ng Tao"** Ang karamihan ng tao (tingnan ang mga Kaunawaang Kontekstuwal, C) ay kailangang marinig si Hesus na nagtuturo/nangangaral (marahil sa vv. 23-24 para sa titulo at vv. 30-32 para sa PANDIWANG "itataas") dahil ginagamit nila ang Kanyang natatanging sariling-pagtatalag. Ito lang ang lugar na kung saan ginamit din ng iba. Ito ay hindi karaniwang titulo o pagtatalagang pang-Mesias sa loob ng Judaismo.

**12:35 "Kayo'y magsilakad samantalang nasa inyo ang ilaw"** Inuudyukan ni Hesus ang kanyang mga taga-pakinig na tumugon nang daglian sa Kanyang mga salita. Ang Kanyang panahon sa lupa ay maikly. Siya ay papasok na sa Kanyang huling linggo sa mundo. Ang Kanyang tinalagang oras ay dumating na (v. 23).

Sa pagpapakahulugan, ang pariralang ito (na napakarami sa Juan) ay mayroong pinatutungkulang pangkasaysayan at isang pinatutungkulang pamamalagi. Kung ano ang sinabi ni Hesus ay totoo sa lahat ng makakarinig ng Ebanghelyo (i.e., ang Parabula ng mga lupa).

Ito ay isang matalinghagang paggamit ng "lumakad" bilang lakad ng buhay (cf. Efeso 4:1,17; 5:2,15). Ito ay isang PANGHINAHARAP NA HAYAG NA PAUTOS, na nagpapatulog ng pagbibigay-diin ni Hesus sa pananampalataya bilang isang nagpapatuloy na pakikipag-ugnayan at pagiging alagad, hindi lamang isang panimulang pagpapasya (cf. vv. 44-46).

**12:36** Ang paksang ito ni Hesus bilang liwanag ng sanlibutan ay isang pangunahing inuulit na pagbibigay-diin sa Juan (cf. 1:4,5,7,8,9; 3:19,20,21; 5:35; 8:12; 9:5; 11:9,10;12:35,36,46). Ang kadiliman at liwanag ay nagkakasalungat sa mga Espiritual na mga sa katotohanan sa Pangkarunungan Panitikan ng mga Hudyo at ang *Dead Sea Scrolls*.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 12:36b-43

**36b Ang mga bagay na ito'y sinalita ni Hesus, at siya'y umalis at nagtago sa kanila. 37 Nguni't bagaman gumawa siya sa harap nila ng gayon maraming mga tanda, gayon ma'y hindi sila nagsisampalataya sa kaniya: 38 Upang maganap ang salita ng propeta Isaias, na kaniyang sinalita, Panginoon, sino ang naniwala sa aming balita? At kanino nahayag ang bisig ng Panginoon? 39 Dahil dito'y hindi sila makapaniwala, sapagka't muling sinabi ni Isaias, 40 Binulag niya ang kanilang mga mata, at pinatigas niya ang kanilang mga puso; Baka sila'y mangakakita ng kanilang mga mata, at mangakaunawa ng kanilang puso At mangagbalik-loob, At sila'y mapagaling ko. 41 Ang mga bagay na ito'y sinabi ni Isaias, sapagka't nakita niya ang kaniyang kaluwalhatian; at siya'y nagsalita ng tungkol sa kaniya. 42 Gayon man maging sa mga pinuno ay maraming nagsisampalataya sa kaniya; datapuwa't dahil sa mga Fariseo ay hindi nila ipinahayag, baka sila'y mapalayas sa sinagoga: 43 Sapagka't iniibig nila ng higit ang kaluwalhatian sa mga tao kay sa kaluwalhatian sa Diyos.**

**12:37** Isang malungkot na pagpuna. Ang Espirituwal na pagkabulag na nakakakilabot (cf. II Corinto 4:4). Ang talatang ito ay itinatangi sa di-mapapatawad na kasalanan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:21).

**12:38 "ang salita ng propeta Isaias"** Ito ay isang sipi mula sa talata ng naghihirap na lingkod sa Isaias 53:1.

**12:39-40** Ito ay mga mahihirap na talata. Pinapatigas ba ng Diyos ang mga tao kaya sila hindi makatugon? Isinama ko ang aking mga puna mula sa Isaias 6:9-10 at Roma 11:7 (tingnan sa www.freebiblecommentary.org).

**Isaias 6:9-10** Yamang si YHWH ay naghahayag ng Kanyang layunin para sa ministeryo ni Isaias, Kanya ring inihayag kay Isaias ang pagtugon sa kanyang mensahe na kanyang ibibigay sa Judah.

1. humayo, v. 9, BDB 229, KB , *Qal* PAUTOS
2. sabihin, v. 9, BDB 55, KB , *Qal* GANAP

3. patuloy na makinig, v. 9, *Qal* PAUTOS at *Qal INFINITIVE ABSOLUTE* ng BDB 1033, KB 1570
4. ngunit huwag mamalas, v. 9, BDB 106, KB 122, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa *JUSSIVE* na kahulugan, cf. 1:3; 5:21; 10:13; 29:14
5. palaging tumingin, *Qal* PAUTOS at *Qal INFINITIVE ABSOLUTE* ng BDB 906, KB 1157
6. ngunit huwag unawain, v. 9, BDB 393, KB 380, *Qal* DI-GANAP na ginamit sa *JUSSIVE* na kahulugan
7. ibigay ang mga puso ng mga taong ito sa pagkamanhid (lit. "mataba"), v. 10, BDB 1031, KB 1566, *Hiphil* PAUTOS
8. kanilang mapurol na mga tainga, v. 10, BDB 457, KB 455, *Hiphil* PAUTOS
9. at ang kanilang mga malabong mata, v. 10, BDB 1044, KB 1612, *Hiphil* PAUTOS

Ang mga PAUTOS ay sinusundan ng mga kahihinatnan (tatlong mga DI-GANAP ng dating ginamit na mga PANDIWA, "tingnan," "pakinggan," and "unawain"). Nalalaman ng Diyos (alinman sa Kanyang paunang kaalaman o sa Kanyang pagmamatigas ng kanilang baluktot nang mga puso/isipan) na sila ay hindi tutugon at naliligtas.

1. maliban na sila ay magsisi, BDB 996, KB 1427, *Qal* DI-GANAP na kabaliktaran
2. maliban na sila ay gumaling, BDB 950, KB 1272, *Qal* GANAP na kabaliktaran

Si Isaias ay mangangaral at kahit na ang ilan ay maaaring tumugon, ang malawak na nakararami of kanyang mga kababayan/kanyang lipunan ay hindi (cf. Roma 1:24,26,28; Efeso 4:19) o hindi maaaring tumugon (cf. Isaias 29:9,10; Deuteronomio 29:4; Mateo 13:13; Roma 11:8)! Si Isaias ay hindi isang evangelista dito, ngunit isang propeta ng kasunduang sinuway/ kahihinatnan (cf. Mateo 13:13; Marcos 4:12; Lucas 8:10). Ang kanyang mensahe ng pag-asa ay para isang hinaharap na araw, hindi sa kanyang kapanahunan!

**Roma 11:7 "ang mga iba'y pinatigas"** Ito ay isang AORIST NA DI-HAYAG NA MAY PAHIWATIG (cf. II Corinto 3:14). Ang implikasyon ay ang Diyos ang nagpatigas sa kanila (cf. vv. 8-10). Ang gumawa sa pagpapatigas ay ang isang masama (cf. II Corinto 4:4). "Pinatigas" (*pōroō*) ay isang salitang medikal para sa pagiging kalyo o pagiging bulag (cf. Roma 11:25; II Corinto 3:14; Efeso 4:18). Ang tulad na salita ay ginamit ng mga Apostol sa Marcos 6:52. Ito ay isang magkaibang Griyegong salita mula sa Roma 9:18 (*sklērunō*) na kasalungat ng awa (cf. Hebreo 3:8,15; 4:7).

Ang talatang ito ay napakalinaw at ang paglalagom ng 11:1-6. Ang ilan na pinili ay nanampalataya, ang ilang hindi pinili, ay pinatigas. Subalit, ang talatang ito ay hindi isinulat ng nag-iisa, bilang isang teolohikal na islogan. Ito ay bahagi ng isang pinanatiling teolohikal na pangangatuwiran. May isang pag-iigting sa pagitang ng katotohanang naihayag na malinaw sa talatang ito at ang pangkahalatang mga paanyaya sa kabanata 10. Mayroong hiwaga dito. Ngunit sa kalutasan ay hindi ang pagkakaita o pagpapababa ng kapwa mga sungay ng pagkakaiba, mga matalinghagang tagdan.

**12:39 "Dahil dito'y hindi sila makapaniwala"** Ito ay isang DI-GANAP NA PANGGITNANG (*deponent*) MAY PAHIWATIG at isang PANGKASALUKUYANG HAYAG NA PAUTOS. Sila ay wala nang kakayahang makapagpatuloy sa isang may pananampalatayang pakikipag-ugnayan kay Hesus. Ang Kanyang mga himala ay umakit sa kanila, ngunit hindi ito nagdulot sa kanila ng pananampalataya/pagtitiwalang nakakapagligtas kay Hesus bilang ang Mesias. Sa Juan "ang pananampalataya" ay may mga antas. Ang lahat ay hindi makakatamo ng kaligtasan. Tingnan ang mga tala sa 8:31-59.

▣ **"sapagka't muling sinabi ni Isaias"** Ang Isaias 6:10; 43:8 ay tumutukoy sa katigasan ng mga puso ng Hudyo patungkol sa mensahe ng Diyos sa pamamagitan ni Isaias (cf. Jeremias 5:21; Ezekiel 12:2; Deuteronomio 29:2-4).

**12:40 "puso"** Tingnan sa Natatanging Paksa na susunod.

## NATATANGING PAKSA: ANG PUSO

Ang Griyegong salita na *kardia* ay ginamit sa at NT upang ipakita ang Hebreong salita na *lēb* (BDB 523). Ito ay ginamit sa maraming paraan (cf. Bauer, Arndt, Gingrich at Danker, *A Greek-English Lexicon*, pp. 403-404).

1. ang gitna ng buhay pisikal, isang talinghaga para sa tao (cf. Gawa 14:17; II Corinto 3:2-3; Santiago 5:5)
2. ang gitna ng buhay eEspirituuwal (i.e., moral)
   a. nakikilala ng Diyos ang puso (cf. Lucas 16:15; Roma 8:27; I Corinto 14:25; I Thesalonica 2:4; Pahayag 2:23)
   b. ginamit sa eEspirituuwal na buhay ng sangkatauhan (cf. Mateo 15:18-19; 18:35; Roma 6:17; I Timoteo 1:5; II Timoteo 2:22; I Pedro 1:22)
3. ang gitna ng buhay pangkaisipan (i.e., talino, cf. Mateo 13:15; 24:48; Gawa 7:23; 16:14; 28:27; Roma 1:21; 10:6; 16:18; II Corinto 4:6; Efeso 1:18; 4:18; Santiago 1:26; II Pedro 1:19; Pahayag 18:7; ang puso ay kasing-kahulugan ng isipan sa II Corinto 3:14-15 at Filipos 4:7)

4. ang gitna ng pagpapasya (i.e., kalooban, cf. Gawa 5:4; 11:23; I Corinto 4:5; 7:37; II Corinto 9:7)
5. ang gitna ng damdamin (cf. Mateo 5:28; Gawa 2:26,37; 7:54; 21:13; Roma 1:24; II Corinto 2:4; 7:3; Efeso 6:22; Filipos 1:7)
6. natatanging lugar sa pagkilos ng EEspirituu (cf. Roma 5:5; II Corinto 1:22; Galacia 4:6 [i.e., Kristo in our hearts, Efeso 3:17])
7. Ang puso ay isang paraang patalinghaga na tumutukoy sa buong pagkatao (cf. Mateo 22:37, sinipi sa Deuteronomio 6:5). Ang mga kaisipan, mga motibo, at mga pagkilos na inuukol sa puso ay lubusang naghahayag sa uri ng tao. Ang OT ay mayroong kapansin-pansing mga paggamit ng mga salita
    a. Genesis 6:6; 8:21, "Ang Diyos ay napighati sa kanyang puso," pansinin din ang Hosea 11:8-9
    b. Deuteronomio 4:29; 6:5, "ng iyong buong puso at ng iyong buong kaluluwa"
    c. Deuteronomio 10:16, "di-tuling puso" at Roma 2:29
    d. Ezekiel 18:31-32, "isang bagong puso"
    e. Ezekiel 36:26, "isang bagong puso" laban sa "isang pusong bato"

**12:41 "Ang mga bagay na ito'y sinabi ni Isaias, sapagka't nakita niya ang kaniyang kaluwalhatian"** Ito ay isang pagbibigay diin na ang mga propeta sa OT ay nalalaman ang patungkol sa Mesias (cf. Lucas 24:27). Tingnan ang tala sa "kaluwalhatian" sa 1:14.

**12:42 "Gayon man maging sa mga pinuno ay maraming nagsisampalataya sa kaniya"** Ang mensahe ni Hesus ay nagbubunga (cf. v. 11; Gawa 6:7). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:23.

▣ **"hindi nila ipinahayag *Siya*"** Tingnan ang Natatanging Paksa: Paghingi ng Tawad sa 9:22-23.

▣ **"baka sila'y mapalayas sa sinagoga"** (cf. 9:22; 16:2).

**12:43** Ipinahahayag nito na ang tunay na pananampalataya ay maaaring maging mahina at natatakot, kahit na hindi inihayag! Ginagamit ng Ebanghelyo ni Juan ang pananampalataya (*pisteuō*) sa maraming mga kahulugan, mula sa panimulang pagkahikayat hanggang sa pagtungong madamdamin hanggang sa tunay na pananampalatayang nakapagliligtas.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 12:44-50

**[44]At si Hesus ay sumigaw at nagsabi, Ang sumasampalataya sa akin, ay hindi sa akin sumasampalataya, kundi doon sa nagsugo sa akin. [45]At ang nakakita sa akin, ay nakakita doon sa nagsugo sa akin. [46]Ako'y naparito na isang ilaw sa sanglibutan, upang ang sinomang sumampalataya sa akin ay huwag manatili sa kadiliman. [47]At kung ang sinomang tao'y nakikinig sa aking mga pananalita, at hindi ingatan, ay hindi ko siya hinahatulan: sapagka't hindi ako naparito upang humatol sa sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan. [48]Ang nagtatakuwil sa akin, at hindi tumatanggap sa aking mga pananalita, ay mayroong isang hahatol sa kaniya: ang salitang aking sinalita, ay siyang sa kaniya'y hahatol sa huling araw. [49]Sapagka't ako'y hindi nagsasalita na mula sa aking sarili; kundi ang Ama na sa akin ay nagsugo, ay siyang nagbigay sa akin ng utos, kung ano ang dapat kong sabihin, at kung ano ang dapat kong salitain. [50]At nalalaman ko na ang kaniyang utos ay buhay na walang hanggan; ang mga bagay nga na sinasalita ko, ay ayon sa sinabi sa akin ng Ama, gayon ko sinasalita.**

**12:44 "Ang sumasampalataya sa akin, ay hindi sa akin sumasampalataya, kundi doon sa nagsugo sa akin"** Ang layunin ng pananampalataya ay sa Ama ang kasukdulan (cf. I Corinto 15:25-27). Ito ay nauulit na paksa sa Juan (cf. Mateo 10:40; Juan 5:24). Ang makilala ang Anak ay makilala ang Ama (cf. I Juan 5:10-12).

**12:45** Ano ang gaya ng Diyos? Ang makita si Hesus ay makita ang Diyos (cf. 14:7-10)!

**12:46** Ang sanglibutan ay nasa kadiliman simula noong Genesis 3 (cf. Genesis 6:5,11-12; 8:21; Awit 14:3; Isaias 53:6; Roma 3:9-23).

**12:47 "kung ang sinomang tao'y nakikinig sa aking mga pananalita, at hindi ingatan"** Ito ay isang PANGATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nagpapahayag ng maaaring pagkilos. Ang nagpapatuloy ang pagsunod ay isang tanda ng nagpapatuloy na personal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng pananampalataya! Ang katiyakan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa I Juan 5:13) ay nakabatay sa isang nabago at patuloy ang nagbabagong buhay ng pagsunod at pagtitiyaga (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:31, cf. sa mga aklat ng Santiago at I Juan).

**12:47-48 "sapagka't hindi ako naparito upang humatol sa sanglibutan, kundi upang iligtas ang sanglibutan"** Si Hesus ay naparito, una sa lahat, upang tubusin ang sanglibutan, ngunit ang katotohanan ng Kanyang pagdating ay nagdudulot sa tao na magpasiya. Kung Siya ay tinanggihan nila, hinatulan na nila ang kanilang mga sarili (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 8:31, cf. Juan 3:17-21).

**12:49-50** Ang ipinapahayag ni Hesus ay ang kapamahalaan ng Diyos, hindi ang Kanyang sarili.

**12:50**
**NASB, NKJV "ang kaniyang utos ay buhay na walang hanggan"**
**NRSV, TEV,**
**NET "ang kanyang utos ay nagdudulot ng buhay na walang hanggan"**
**NJB "ang kanyang utos ay nangangahulugan ng buhay na walang hanggan"**
**REB "ang kaniyang mga autos ay buhay na walang hanggan"**
**NIV "ang kanyang utos ay magdadala ng buhay na walang hanggan"**
**Net (footnote) "ang kanyang utos ay magbubunga ng buhay na walang hanggan"**

Ang una sa mga pamimilian ay ang literal na Griyegong talata. Ang iba ay sinusubukang ipaliwanag ang kahulugan.

Ang NASB ay may Juan 6:68 bilang isang katulad na talata, habang ang *NT TransLine* ni Michael Magill ay may Juan 17:8. Ang *Jerome Biblical Commentary* (p. 451) ay may Juan 10:18 bilang katulad. Malinaw na ang parirala ay may alintangan.

Sa Juan may mga pagkakaiba sa PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN ng "utos," walang kahalagahang *exegetical*.

## NATATANGING PAKSA: ANG GAMIT NG "UTOS" SA MGA SULAT NI JUAN

1. Minsang ganamit sa Kautusan ni Moises, Juan 8:5
2. Mula sa Ama patungo kay Hesus
    a. kapamahalaaan sa Kanyang haing pagtutubos, Juan 10:18; 12:49-50; 14:31
    b. ang sanlibutan ay nalalaman ang pag-ibig ni Hesus para sa Ama, Juan 14:31
    c. Sinunod ni Hesus ang kautusan ng Ama, Juan 15:10
3. Mula kay Hesus patungo sa mananampalataya
    a. manatili na pag-ibig, Juan 14:15; 15:10
    b. mahalin ang bawat isa, gaya ng pag-ibig Niya sa kanila, Juan 13:34; 15:12,17; I Juan 2:7-8; 3:11,23; 4:7,21; II Juan 5
    c. pagtupad ng Kanyang utos (i.e., b.), Juan 14:15; 15:10,14; I Juan 2:3,4; 3:22,24; 5:1-3; II Juan 6
4. Mula sa Ama patungo sa mananampalataya
    a. panampalatayanan si Hesus, I Juan 3:23 (cf. Juan 6:29)
    b. mahalin ang bawat isa, I Juan 3:23

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit pinahiran ni Maria, kapatid na babae ni Lazaro, ang paanan ni Hesus?
2. Bakit bahagyang magkakaiba ang mga tala nila Mateo, Marcos at Juan sa pangyayaring ito?
3. Ano ang kahalagahan ng pagsalubong ng karamihan ng tao kay Hesus na may mga sanga ng palma at sipi mula sa Awit 118?
4. Bakit nahabag si Hesus sa kahilingan ng ng Griyego na makipag-usap sa Kaniya?
5. Bakit lubhang nabagabag ang Espiritu ni Hesus? (cf. v. 27)
6. Ipaliwanag kung bakit gumagamit si Juan ng "nananampalataya" sa maraming mga kahulugan.

# JUAN 13

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Paghuhugas ng Paa ng mga Alagad | Ang Panginoon ay Naging Lingkod | Ang Huling Hapunan | Hinuhugasan ni Hesus ang Paa ng mga Alagad | Ang Paghuhugas ng Paa |
| 13:1-11 | 13:1-11 | 13:1-11 | 13:1 | 13:1 |
| | | | 13:2-6 | 13:2-5 |
| | | | | 13:6-11 |
| | | | 13:7 | |
| | | | 13:8a | |
| | | | 13:8b | |
| | | | 13:9 | |
| | Kailangan din Nating Maglingkod | | 13:10-11 | |
| 13:12-20 | 13:12-30 | 13:12-20 | 13:12-17 | 13:12-16 |
| | | | | 13:17-20 |
| | | | 13:18-20 | |
| Hinulaan ni Hesus ang Pagtataksil | | | Hinulaan ni Hesus ang Pagtataksil | Hinulaan ang Pagtataksil ni Hudas |
| 13:21-30 | | 13:21-30 | 13:21 | 13:21-30 |
| | | | 13:22-24 | |
| | | | 13:25 | |
| | | | 13:26-29 | |
| | | | 13:30 | |
| Ang Bagong Kautusan | Ang Bagong Kautusan | | Ang Bagong Kautusan | Mga Pag-uusap ng Pamamaalam |
| 13:31-35 | 13:31-35 | 13:31-35 | 13:31-35 | 13:31-35 |
| Hinulaan ng Pagkakaila Ni Pedro | Hinulaan ng Pagkakaila Ni Pedro | | Hinulaan ng Pagkakaila Ni Pedro | |
| 13:36-38 | 13:36-38 | 13:36-38 | 13:36a | 13:36-38 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na

siyang puso ng interpretasyon.  Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 13:1-38

A. Ang Ebanghelyo ni Juan ay naglalagom sa mga tanda ni Hesus sa kabanata 12.  Ang kabanata 13 ay pinasimulan ang huling linggo ng pagdurusa.

B. Ang *footnote* ng *NASB Study Bible* ay gumawa ng nakakawiling pagpuna "ang Griyegong pangngalang *agapē* ('pag-ibig') at ang pandiwang *agapaō* ('umiibig') ay matatagpuan lamang ng walong beses sa mga kabanata 1-12 ngunit 31 beses sa kabanata 13-17."

C. Si Juan ay hindi nagtala ng Hapunan ng Panginoon (*Eucharist*) di tulad ng mga Sinoptiko.  Ibinigay niya ang nag-iisang tala sa pakikiusap sa Itaas na Silid sa gabing iyon (mga kabanata 13-17, na isang mahalagang bahagdan ng Ebanghelyo ni Juan.  Samakatuwid, Ito ay kailangang magpahayag ng persona ni Hesus at mga makapangyarihan bagong mga paraan).  Ang ilan ay tinitingnan ang pagkakawala bilang isang sinadyang pagtatangka na ibaba ang pagbibigay-diin sa sakramentalismo ng unang iglesiya. Hindi kailanman ipinaliwanag ni Juan ang Bautismo ni Hesus ang Hapunan ng Panginoon.

D. Ang pagkasaysayang konteksto ng Juan 13 ay maaaring makita sa Lucas 22:24.  Ang mga alagad ay patuloy na nagtatalo kung sino ang pinakadakila.

E. Ang kaligirang pisikal ng mga kabanata 13-17 ay isang Itaas na Silid sa Herusalem (o marahil ang mga kabanatang 15-17 ay papuntang Gethsemane, cf. 14:31), marahil sa tahanan ni Juan Marcos, ang gabing pinagtaksilan ni Hudas si Hesus.

F. Mayroong tila dalawang magkaibang mga layunin sa pagkilos ni Hesus sa paghuhugas ng paa.
   1. vv. 6-11 paunang pagpapakita ng Kanyang gawa para sa atin sa krus.
   2. vv. 12-20 isang patuturo patungkol sa pagpapakumbaba (sa liwanag ng Lucas 22:24).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 13:1-11

**[1]Bago nga magpista ng paskua, sa pagkaalam ni Hesus na dumating na ang kaniyang oras ng paglipat niya mula sa sanglibutang ito hanggang sa Ama, sa pagkaibig sa mga kaniya na nangasa sanglibutan, ay inibig niya sila hanggang sa katapusan. [2]At habang humahapon, nang mailagay na ng diablo sa puso ni Hudas Iscariote, na anak ni Simon, ang pagkakanulo sa kaniya. [3]Si Hesus, sa pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay, at siya'y nanggaling sa Diyos, at sa Diyos din paroroon, [4]Ay nagtindig sa paghapon, at itinabi ang kaniyang mga damit; at siya'y kumuha ng isang toalya, at ibinigkis sa kaniyang sarili. [5]Nang magkagayo'y nagsalin ng tubig sa kamaw, at pinasimulang hugasan ang mga paa ng mga alagad, at kinuskos ng toalya na sa kaniya'y nakabigkis. [6]Sa gayo'y lumapit siya kay Simon Pedro. Sinabi niya sa kaniya, Panginoon, huhugasan mo baga ang aking mga paa? [7]Sumagot si Hesus at sa kaniya'y sinabi, Ang ginagawa ko'y hindi mo nalalaman ngayon; datapuwa't mauunawa mo pagkatapos. [8]Sinabi sa kaniya ni Pedro, Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man. Sinagot siya ni Hesus, Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin. [9]Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, hindi ang aking mga paa lamang, kundi pati ng aking mga kamay at ang aking ulo. [10]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Ang napaliguan na ay walang kailangang hugasan maliban ang kaniyang mga paa, sapagka't malinis nang lubos: at kayo'y malilinis na, nguni't hindi ang lahat. [11]Sapagka't nalalaman niya ang sa kaniya'y magkakanulo; kaya't sinabi niya, Hindi kayong lahat ay malilinis.**

**13:1 "[1]Bago nga magpista ng paskua"** Ang Juan at ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay hindi magkasundo sa kung ang araw na ito ay bago ang piging sa Paskwa o ang pagkain sa Paskwa mismo.  Kapwa inilagay sa Huwebes ang pagkain at Biyernes ang

pagpapapako sa krus (cf. 19:31; Marcos 15:43; Lucas 23:54). Inaaalala ng pagkain sa Paskwa ang pagkakalaya ng Israel mula sa Ehipto (cf. Exod. 12). Binigyang-diin ni Juan na ito ang araw bago ang karaniwang pagkain sa Paskwa (cf. 18:28; 19:14,31,42).

Maaaring ang lipunan ang Eseno ay gumamit ng isang naiibang kalendaryo (i.e., ang kalendaryong pang-araw mula sa mga aklat ng mga *Jubilee* at Enoch, bilang isang paraan upang ipakita ang kanilang pagtutol sa pangkasalukuyang pagka-saserdote), na inilagay ang Paskwa nang mas maaga ng isang araw.

Ang *Jerome Biblical Commentary* ay naglalagom ng pagkasalukuyang kaalaman (p. 451) at ipinalalagay na ang "bago sa isang araw" ni Juan ay tama at ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay nagpapahayag ng sagisag ng pagkain sa Paskwa. Kailangan nating palaging paalalahanan na ang mga Ebanghelyo at hindi kaluranin, sanhi at kinalabasan, sunod-sunod na mga kasaysayan. Ang kasaysayan ay isinulat sa maraming kaparaan, hindi tama o mali, hindi totoo o huwad. Ang kasaysayan ay isang pagpapaliwanag ng nakalipas upang magsilbi sa kasalukuyang mga paksa/mga pangangailangan/mga pananaw. Ang tunay na isyu ay kung sino/bakit sinulat ang kasaysayan. Ang pinakamagandang pagtalakay ng mga uri na pagkasaysayang paglalahan at mga ay si Gordon Fee and Douglas Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*, pp. 89-126.

▣ **"sa pagkaalam ni Jesus na dumating na ang kaniyang oras"** Ang "pagkaalam" ay isang GANAP NA HAYAG NA PANDIWARI (tulad ng v. 3). Nauunawaan ni Hesus ang Kanyang natatanging pakikipag-ugnayan sa Ama mula pa noong siya ay labindalawang taong gulang (Lucas 2:41-51). Ang pagdating ang mga Griyego upang makita siya sa 12:20-23 ay nagpakita na si Hesus na ang Kanyang oras ng kamatayan at pagluluwalhati ay dumating na (cf. 2:4; 7:6,8,30; 8:20;12:23,27; 17:1).

▣ **"ng paglipat niya mula sa sanglibutang ito hanggang sa Ama"** Ang Ebanghelyo ni Juan ay nagpapatuloy sa pagbibigay-diin sa isang pataas na dualismo, itaas laban sa ibaba (cf. v. 3). Si Hesus ay isinugo (cf. 8:42) ng Ama at ngayon ay Siya ay babalik. Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay inilalarawan si Hesus bilang nagtuturo ng isang pahalang na dualismo ng dalawang pang-Hudyong mga panahon, ang pag-iigting ng nandito na at wala pa ng Kaharian ng Diyos.

Marami ang mga tanong patungkol sa mga Ebanghelyo na ang mga makabagong mambabasa ay kailangang isaalangalang, ngunit kung ang lahat na nagsabi at ginawa ang mga banal na kasulatan ay naghahayag ng isang naaalinsunod na biblikal na pananaw ng mundo.

1. may isang banal na Diyos
2. ang Kanyang natatanging nilikha, ang angkatauhan, ay nahulog sa kasalanan at rebelyon
3. ipinadala ng Diyos ang isang nagkatawang-taong Manunubos (i.e., Mesias)
4. ang sangkatauhan ay kailangang tumugon sa pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, at pagtitiis
5. may isang personal na lakas ng kasamaan na humahadlang sa Diyos at sa Kanyang kalooban
6. ang lahat ng may malay na nilikha ay magbibigay sulit ng kanilang buhay sa Diyos

Ang PANDIWANG "umalis" (*metabainō*) ay may kahulugan sa mga sulat ni Juan na pagbabagong kalagayan mula sa nalugmok na pisikal na pag-iral (i.e., ang lumang panahon ng kasalanan at rebelyon) papunta sa bagong panahon ng Espiritu at walang hanggang buhay (cf. 5:24; 13:1; I Juan 3:14; maliban sa gamit nito sa 7:3)

▣ **"sa pagkaibig sa mga kaniya"** Ang Griyegong parirala ay ginamit sa *papyri* sa Ehipto (Moulton, Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*) para sa "malapit na kamag-anak" (cf. Lucas 8:19-21).

▣ **"na nangasa sanglibutan"** Ginamit ni Juan ang salitang mundo (*kosmos*) sa maraming magkakaibang kahulugan.

1. sa mundong ito (cf. 1:10; 11:9; 16:21; 17:5,11,24; 21:25)
2. sangkatauhan (cf. 3:16; 7:4; 11:27; 12:19; 14:22; 18:20,37
3. naghihimagsik na sangkatauhan (cf. 1:10,29; 3:16-21; 4:42; 6:33; 7:7; 9:39; 12:31; 15:18; 17:25)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Pablo ng *Kosmos* sa 14:17.

▣ **"inibig niya sila hanggang sa katapusan."** Ito ay isang Griyegong salita na "*telos,*" na nangangahulugang naisakatuparang layunin. Ito ay tumutukoy sa gawain ni Hesus ng pagtubos para sa sangkatauhan sa krus. Isang anyo ng katulad na salita ang huling salita ni Hesus sa krus (cf. 19:30), "Natapos na," na natutunan nating mula sa papyri ng Ehipto na may kahuluga na "binayaran nang buo"!

**13:2 "habang humahapon"** Mayroong isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan sa bahaging ito. Ang pagkakaiba ay kinabibilangan ng isang titik sa isang Griyegong salita.

1. *ginomenou*, PANGKASALUKUYANG PANDIWARI (i.e., habang nasa hapunan), MSS א, B, L, W
2. *genomenou*, AORIST NA PANDIWARI (i.e., pagkatapos ng hapunan), MSS $P^{66}$, $א^{2}$, A, D

Ang $UBS^{4}$ ay nagbigay sa #1 ng isang "B" na antas (halos tiyak).

Ito ay maaaring mangahulugang

1. pagkatapos ng hapunan
2. pagkatapos ng unang Pagbabasbas ng Saro, kapag ang pamamaraan ay nangangailangan ng paghuhugas ng kamay
3. pagkatapos ng pangatlong Pagbabasbas ng Saro

**NATATANGING PAKSA: ANG PAGKAKAAYOS NG PAGLILINGKOD SA PASKUWA SA UNANG SIGLONG JUDAISMO**

A. Panalangin
B. Saro ng Alak
C. Paghuhugas ng kamay ng may-ari at ang pagpapasa ng sisidlan
D. Pagsawsaw sa mapait na halaman at sarsa
E. Tupa at ang pangunahing pagkain
F. Panalangin at pangalawang pagsawsaw sa mapait na halaman at sarsa
G. Pangalawang saro ng alak na may oras sa tanong-at-sagot para sa mga bata (cf. Exod. 12:26-27)
H. Pag-awit ng mga Awit na Hallel 113-114 at panalangin
I. Ang pinuno ng palatuntunan ay gumawa ng pagkaing isinasawsaw pagkatapos maghugas ng kamay
J. Lahit ay kumain hangang mabusog; matatapos sa isang piraso ng tupa
K. Pangatlong Saro pagkatapos ng paghuhugas ng kamay
L. Pag-awit ng Awit na Hallel 115-118
M. Pang-apat na Saro ng Alak, na tumutukoy sa pagparito ng Kaharian

Maraming naninniwala na ang institusyon ng Hapunan ng Panginoon ay naganap sa "K."

▣ **"nang mailagay na ng diablo sa puso ni Hudas Iscariote"** Ito ay isang GANAP NA HAYAG NA PANDIWARI. Nalalaman ni Hesus ang patungkol kay Hudas mula pa noong simula (cf. 6:70). Ang isang masama (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:31) ay tinutukso si Hudas sa mahabang panahon, ngunit sa v. 27 ang demonyo ay may ganap na kapangyarihan sa kaniya. Tingnan ang Natatanging Paksa: Puso sa 12:40. Tingnan ang buong tala ni Hudas sa 18:2.

**13:3 "Si Jesus, sa pagkatalastas na ibinigay na ng Ama ang lahat ng mga bagay sa kaniyang mga kamay"** Ito ay isang GANAP NA HAYAG NA PANDIWARI, tulad ng v. 1, na sunusundan ng AORIST NA HAYAG NA MAY PASUBALI. Ito ay isa sa mga nakamamanghang pahayag ni Hesus ka kanyang sariling-pagkaunawa at kapamahalaan (cf. 3:35; 17:2; Mateo 28:18). Ang AORIST NA AMANAHON ay mahalag. Ang Ama ang nagbigay kay Hesus ng "lahat ng bagay" bago ang pagpapapako sa krus. Hindi sila ibinigay na mag-isa bilang isang gatimpala dahil sa Kanyang pagsunod, ngunit dahil sa kung Sino Siya! Nalalaman Niya kung sino Siya at ang paghugas sa mga paa ng nagtatalo kung sino ang pinaka-dakila sa lahat!

▣ **"siya ay nanggaling sa Diyos"** Ito ang pangalawa sa tatlong mga bagay na nabanggit sa v. 3 na alam ni Hesus

1. ang Ama ay binigay ang lahat ng mga bagay sa kanyang mga kamay
2. Siya ay pinadala mula Diyos
3. Siya ay babalik sa Diyos (cf. 7:33; 14:12,28; 16:5,10,17,28; 0:17) Ang huling dalawang bahagi ng mataas laban sa mababang ay lubhang karaniwang sa Juan.

Ang Bilang #2 ay isang natatanging parirala sa Juan (cf. 8:42; 13:3; 16:28,30; 17:8). Ito ay kapwa pagsasama ng pinagmulan at lugar (i.e., pagka-Diyos mula sa langit).

**13:4 "Ay nagtindig sa paghapon"** Tandaang sila ay nakahilig sa kanilang mga kaliwang siko at ang kanilang paa sa likod, na hindi nakaupo sa mga upuan.

▣ **"itinabi ang kaniyang mga damit"** Ang PANGMARAMIHAN ay tumutukoy sa panlabas na damit ni Hesus (cf. 19:23). Ito ay nakakawili na ang katulad na PANDIWA ay ginamit sa 10:11,15,17,18 para pagbibigay ng buhay ni Hesus (cf. v. 37). Ito ay maaaring isa na namang pandalawahang kahulugan ni Juan. Tila baga nag paghuhugas ng paa ay mas higit pa sa isang bagay na pagtuturo sa pakumbabaan (cf. vv. 6-10).

**13:5 "hugasan ang mga paa ng mga alagad"** Ang Griyegong salita ay ginamit upang "hugasan lamang ang bahagi ng katawan." Ang salita sa v. 10 ay ginamit para sa buong pagligo. Ang paghuhugas ng paa ay tungkulin ng isang alipin. Kahit na ang mga rabi ay hindi inaasahan ito sa kanilang mga alagad. Si Hesus, na kilala Kanyang sariling pagka-Diyos, ay nakahandang maghugas ng paa ng kaniyang mga naiingit at mapaghangad na alagad (kahit na si Hudas)!

**13:6** Ang pagtatanong ni Pedro ay isang retorikal na paraan ng pagtanggi sa pagkilos ni Hesus. Kadalasan iniisip ni Pedro na nalalaman niya ang dapat at hindi dapat gawin ni Hesus (cf. Mateo 16:22).

**13:7** Ang mga Apostol, na kasamang nabuhay ni Hesus, ay hindi palaging nauunawaan ang Kanyang mga pagkilos at mga katuruan (cf. 2:22; 10:6; 12:16; 14:26; 16:18). Ang di-pagkakaunawaang ito ay isang paraan ng paghahayag ng pataas na

dualismo.

**13:8 "Huwag mong huhugasan ang aking mga paa kailan man"** Ito ay isang malakas na DALAWAHANG PAGSASALUNGAT na nangangahulugang "hindi kailanman hindi, hindi kailanman sa ilalim ng kahit anong mga pagkakataon."

▣ **"Kung hindi kita huhugasan, ay hindi ka magkakaroon ng bahagi sa akin"** Ito ay isang PANGATLONG URI NA MAY PASUBALING PANGUNGUSAP. Ang talatang ito ay nagpapahiwatig na mas higit ang nangyayari dito kaysa sa isa lamang na praktical na bagay na matutunan. Ang mga talatang 6-10 ay tila nag-uugnay sa gawain ni Hesus sa krus para sa kapatawaran ng kasalanan.

Ang pangalawang parirala ay maaaring magpakita ng isang wikaing OT na maiuugnay sa mana (cf. Deuteronomio 12:12; II Sam. 20:1; I Hari 12:16). Ito ay isang malakas na wikain ng pagbubukod.

**13:9** Ang Griyegong SALUNGAT NA KATAGA na "hindi" (MĒ) nagpapahiwatig ng isang nangangahulugang PAUTOS na, "maghugas."

**13:10 "Ang napaliguan na"** Si Hesus ay nagsasalita ng patalinghaga patungkol sa pagtubos. Nahugasan na si Pedro (naligtas, cf. 15:3; Tito 3:5), ngunit kailangang magpatuloy na magsisi (cf. I Juan 1:9) upang mapanatili ang malapit na pakikipag-ugnayan.

Ang isa pang maaaring konteksto ay ang pagsasalita ni Hesus sa pagkakanulo ni Hudas (cf. vv. 11 & 18). Samakatuwid, ang talinghaga ng pagligo ay tumutukoy sa alinman sa (1) katawan ni Pedro o (2) ang pangkat ng mga Apostol.

▣ **"kayo'y malilinis na, nguni't hindi ang lahat"** Ang "kayo" ay PANGMARAMIHAN, tumutukoy sa pang-loob na pangkat ng mga alagad, maliban kay Hudas (cf. vv. 11,18; 6:70).

Ang "Malinis" ay tumutukoy sa mensahe ni Hesus na kanilang tinanggap (cf. 15:3). Sila ay "malinis" dahil sila ay naniwala/nagtiwala/nanampalataya/tinanggap ang Siya na malinis, si Hesus.

Para sa pariralang "hindi ang lahat," Tingnan ang Natatanging Paksa: Pagtalikod sa Pananampalatay sa Juan 6:64.

**13:11** Ang mga Bibliyang TEV at NET ay inilagay talata sa panaklong, na nangangahulugang ito ay isa sa maraming mga pagpunang editoryal ng may-akda.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 13:12-20

**[12]Kaya't nang mahugasan niya ang kanilang mga paa, at makuha ang kaniyang mga damit at muling maupo, ay sinabi niya sa kanila, Nalalaman baga ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo? [13]Tinatawag ninyo akong Guro, at Panginoon: at mabuti ang inyong sinasabi; sapagka't ako nga. [14]Kung ako nga, na Panginoon at Guro, ay naghugas ng inyong mga paa, kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa. [15]Sapagka't kayo'y binigyan ko ng halimbawa, upang gawin naman ninyo ayon sa ginawa ko sa inyo. [16]Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon; ni ang sinugo man ay dakila kay sa nagsugo sa kaniya. [17]Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin. [18]Hindi ko sinasalita tungkol sa inyong lahat: nalalaman ko ang aking mga hinirang: nguni't upang matupad ang kasulatan, Ang kumakain ng aking tinapay ay nagtaas ng kaniyang sakong laban sa akin. [19]Mula ngayon ay sinasalita ko sa inyo bago mangyari, upang, pagka nangyari, kayo'y magsisampalataya na ako nga. [20]Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang tumatanggap sa sinoman sinusugo ko ay ako ang tinatanggap; at ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin.**

**13:12-20** Sa pagkakaiba ng vv. 6-10, dito inilarawan ni Hesus ang Kanya gawa bilang isang halimbawa ng pagpapakumbaba. Ang mga Apostol ay nagtatalo kung sino ang pinakadakila (cf. Lucas 22:24). Sa kontekstong ito, Si Hesus ay gumanap ng isang pagkilos ng isang alipin at pagkatapos, ipinaliliwanag ang kahulugan nito at paano ito maiaangkop.

**13:14 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na ipinalalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga layunin.

▣ **"ang Guro at ang Panginoon"** Pansinin ang TIYAK NA KATAGA sa vv. 13 at 14. Pansinin din ang mga titulo ay nabaliktad. Siya ang Isang nagsasalita ng mga kapamahalaan. Inihahayag ni angAma at inaasahan pagsunod and katapatan! Kung ano ang kanyang ginawa ay kailangan nilang gayahin (v. 15).

**13:14-15 "kayo naman ay nararapat ding mangaghugasan ng mga paa ng isa't isa"** Nangangahulugan ba ang pahayag na ito na ang gawa ng pagpapakumbaba ay naglalayong maging pangatlong utos sa iglesiya? Ang karamihan sa mga pangkat ng Kristiyano ay sinabing, hindi, dahil

1. Wala ni isang tala na ginawa ito sa anumang iglesiya sa mga Gawa

2. hindi kailanman ito tinaguyod ng mg sulat sa NT
3. hindi kailanman tiyakang sinabi na ito ay nagpapatuloy na utos katulad ng bautismo (cf. Mateo 28:19) at ang Hapunan ng Panginoon (cf. I Corinto 11:17-34)

Hindi ito nangangahulugang ito'y pagpapahiwatig na hindi ito mahalagang pangyayari pagsamba.

Ang "halimbawa" na ibinigay ni Hesus ay hindi lamang pagpapakumbaba, ngunit sakripisyong paglilingkod (cf. 15:12-13). Ang I Juan 3:16 ay ipinahayag ito nang mabuti! Si Hesus ay nagmamahal hangang sa huli (cf. v. 1), kailangan silang magmahal din hangang sa katapusan (i.e., isang buhay ng pag-aalay ng sarili, ang pagkabaliktad ng Pagbagsak).

**13:16 "Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo"** Ang literal na kahulugan ay "Amen, amen" (tulad ng v. 20). Ito ay isang anyo ng salitang OT para sa "pananampalataya" (cf. Habakuk 2:4). Si Hesus lamang ang nag-iisang (in any Griyego panitikan) gumamit nito sa pangbukas na pagpapahayag. Ito ay kadalasang sinasabi sa hulihan upang (1) sumang-ayon sa o (2) patunayan ang isang pahayag o pagkilos. Kapag ginamit sa unahan ng pangungusap at tinambal, ito ay isang may kapamahalaan, pamukaw-pansing paraan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Amen sa 1:51.

▣ **"Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon"** Ito ay isang panimulang parirala upang ihayag ang katotohanan.

1. Juan 13:16, hindi sinumang isinugo ay mas dakila sa nagsugo sa kanya
2. Juan 15:20
   a. kung inusig nila Ako, uusigin din nila kayo
   b. kung iniingatan ninyo ang Aking salita, iingatan din nila ang sa inyo
3. Lucas 6:40 (katulad), ngunit ang sinuman, pagkatapos na siya ay lubusang maging bihisa, ay magiging katulad ng kanyang guro (cf. Mateo 10:24)
4. Lucas 22:27 (katulad), ngunit ako ay katulad ninyo bilang isang naglilingkod

**13:17 "Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kayo ay mapapalad kung inyong mga gawin"** Ang unang "kung" ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda. Ang pangalawang "kung" sa talatang ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Kung alam natin, kailangan nating gawin (cf. Mateo 7:24-27; Lucas 6:46-49; Roma 2:13; Santiago 1:22-25; 4:11)! Ang kaalaman ay hindi ang layunin, ngunit ang pamumuhay sa katulad kay Kristo. Ipinapakita nito ang Hebreong PANDIWA na *shema*, "pakinggan upang maisakatuparan" (cf. Deuteronomio 6:4).

**13:18 "upang matupad ang Banal na Kasulatan"** Ito ay tumutukoy kay Hudas. Ito ang hiwaga ng pagsasangang-daan ng pauhang pagtatalaga and malayang pagpili ng tao.

Si Hesus, at Kanyang mga alagad, ay naniniwala sa pagiging totoo ng Banal na Kasulatan! Kung ito ay magsasalita ito ay dapat pagkatiwalaan (cf. Mateo 5:17-19). Maraming mga pagkakataon na nagbibigay ng puna si Juan "na ang Banal na Kasulatan ay matupad" (cf. 12:14; 13:18; 15:25; 17:12; 19:24,36). Kadalasang ang talata sa OT ay hindi lubusang nauunawaan hanggang ang isang pangyayari sa buhay ni Kristo (i.e., tipolohiya, i.e., Hosea 11:1) o ang pangyayari sa NT ay isang pangmaramihang katuparan (i.e., Isa. 7:14 o Daniel 9:27; 11:31; 12:11).

▣ **"AY NAGTAAS NG KANIYANG SAKONG LABAN SA AKIN"** Ito ay isang sipi mula sa Awit 41:9. Ang Silanganing kaugalian ng pagkain nang sama-sama bilang tanda ng pagkakaibigan at kasunduan ay nagpataas ng kasalanan ni Hudas. Sa Malapit na Silangan, ang pagpapakita ng ilalim ng isang paa sa iba ay isang tanda ng paglapastangan.

**3:19** Ang talatang ito ay nagpapakita ng layunin ng himalang tanda at mga hula ni Hesus (cf. 20:31). Sa Juan, ang pananampalataya ay isang lumalago at nagpapatuloy na karanasan. Patuloy na pinapalago ni Hesus ang pagtitiwala/ pananampalataya/paniniwala ng mga Apostol. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 9:7.

Pinalago ni Hesus ang kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng

1. Kanyang mga salita
2. Kanyang mga gawa
3. Kanyang paunang kaalaman

Dinala ni Hesus ang isang radikal na "bagong" paraan upang maging tama sa Diyos. It ay pumuputol sa loob ng mga tradition at mga paniniwala ng mga Hudyo.

1. Siya, hindi si Moises, ang binigyang-pansin
2. biyaya, hindi ang paggawa

▣ **"na ako nga"** Ito ay isang sanggunian sa pangalan ng Diyos, "YHWH," na galing sa Hebreong PANDIWA na "na maging" (cf. "Ako nga" of Exod. 3:14). Maliwanag na inaangkin ni Hesus ang pagiging pinangakong Mesias na may mga pakahulugang pagka-Diyos dito (cf. 4:26; 8:24,28,58; 13:19 and 18:5,6,8; pansinin ang Mateo 24:5 and Marcos 13:6; Lucas 21:8).

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Pangalan ng pagka-Diyos at 6:20.

**13:20** Kadalasang ginagamit ni Juan ang salitang "pananampalataya" (*pisteuō*), "pananampalataya sa" (*pisteuō eis*) o

"pananampalataya na" (*pisteuō hoti*) upang italaga sa mga Kristiyano, (Tingnan ang Natatanging Paksa: Paggamit ni Juan ng "Pananampalataya" sa 2:23), ngunit siya rin ay gumagamit ng ibang mga salita tulad ng "tanggapin" o "salubungin" (cf. 1:12; 5:43; 13:20). Ang Ebanghelyo ay kapwa pagsalubong sa isang tao at pagtanggap ng mga biblikal na katotohanan patungkol sa taong iyon, gayundin ang pamumuhay ng isang buhay na tinutularan ang taong yaon.

▣ **"ang tumatanggap sa akin ay tinatanggap ang nagsugo sa akin"** Isang makapangyarihang pahayag ng mga itinalagang kamapahalaan ng mga alagad ni Hesus. Ito ay maisasakatuparan sa maraming mga antas.

1. ang mga misyong paglalakbay ng Labindalawa (Mateo 10:40) at ng Pitumpu (Lucas 10:16)
2. the pagpapatunay ng iglesiya (cf. 17:20)

Ang mensahe patungkol kay Hesus ay mayroong kapangyarihan na makapagbago ng buhay na walang kaugnayan sa kung sino ang naghahayag nito. Ang kapangyarihan ay nasa mensahe (i.e., Ebanghelyo), hindi ang makalupang mensahe.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 13:21-30

**21 Nang masabing gayon ni Hesus, siya'y nagulumihanan sa espiritu, at pinatotohanan, at sinabi, Katotohanan,**
**katotohanang sinasabi ko sa inyo, na ako'y ipagkakanulo ng isa sa inyo. 22 Ang mga alagad ay nangagtingintinginan, na**
**nangagaalinlangan kung kanino niya sinasalita. 23 Sa dulang ay may isa sa kaniyang mga alagad, na minamahal ni Hesus na**
**nakahilig sa sinapupunan ni Hesus. 24 Hinudyatan nga siya ni Simon Pedro, at sinabi sa kaniya, Sabihin mo sa amin kung**
**sino ang sinasalita niya. 25 Ang nakahilig nga sa dibdib ni Hesus ay nagsabi sa kaniya, Panginoon, sino yaon? 26 Sumagot nga**
**si Hesus, Yaong aking ipagsawsaw at bigyan ng tinapay ay siya nga. Kaya't nang maisawsaw niya ang tinapay, ay kinuha**
**niya at ibinigay niya kay Hudas, na anak ni Simon Iscariote. 27 At pagkatapos na maisubo, si Satanas nga ay pumasok sa**
**kaniya. Sinabi nga sa kaniya ni Hesus, Ang ginagawa mo, ay gawin mong madali. 28 Hindi nga natalastas ng sinomang nasa**
**dulang kung sa anong kadahilanan sinalita niya ito. 29 Sapagka't iniisip ng ilan, na sapagka't si Hudas ang may tangan ng**
**supot, ay sinabi ni Hesus sa kaniya, Bumili ka ng mga bagay na ating kailangan sa pista; o, magbigay siya ng anoman sa**
**mga dukha. 30 Nang kaniya ngang matanggap ang subo ay umalis agad: at noo'y gabi na.**

**13:21 "siya'y nagulumihanan sa espiritu"** Ang pagkakanulo ni Hudas na nakapagpabalisa kay Hesus (ang katulad na salita ay ginamit ni Hesus sa 12:27). Pinili ni Hesus si Hudas dahil sa kaniyang esprituwal na potensyal, ngunit hindi kailanman dumating sa pagbubunga (cf. v. 18).

▣ **"Katotohanan, katotohanan"** Tingnan ang tala sa 1:51.

**13:22** Ito ay isang kagulat-gulat na talata. Ang pangloob na pangkat ng mga alagad ay nangatakot na ang naunang natukoy na planong ay maaaring gawin silang nagkanulo. (cf. Marcos 14:19). Ito ang suliranin ng determinismo. Ang pagkilos ng Diyos ay hindi sumusuway sa malayang pagpili ng tao, ngunit nagpapatingkad at tumatapos ng kalalabasan nito!

**13:23 "na minamahal ni Hesus"** Ito ay tila tumutukoy kay Juan mismo (cf. 13:23,25; 19:26-27,34-35; 20:2-5,8; 21:7,20-24). Kabanata 19, v. 26 ang nagpapatunay nito. Ang pangalan ni Juan ay hindi kailanman lumitaw sa Ebanghelyong ito. May tinatangi ba si Hesus? Marahil, mayroong Siyang pangloob na pangkat (Pedro, Santiago, and Juan) at isang natatanging pamilya family (Lazaro, Maria, Marta).

**13:25** Ang kontekstong ito ay nagpapakita ng karaniwang mga kaayusan sa pagkain sa unang siglong Palestina. Ang mga alagad ay nakaupo sa isang mababa, hugis horseshoe na mesa, na nakahilig sa kanilang kaliwang mga siko na ang kanila mga paa nasa likuran, na kumakain sa kanilang kanang kamay. Si Juan ay nasa kanan ni Hesus, Si Hudas ay nasa Kanyang kaliwa (ang lugar ng karangalan). Ang dahilan sa para sa kaayusan ng pag-upo ay hindin binigay ng Banal na Kasulatan. Si Juan ay humilig sa likod at tinanong si Hesus ng isang tanong.

**13:26 "Yaong aking ipagsawsaw at bigyan ng tinapay ay siya nga"** Ito ay isang tanda ng karangalan (cf. Ruth 2:14). Si Hudas ay nakasandal sa kaliwang panig ni Hesus, na siya ring lugar ang karangalan. Sinusubukan pa rin ni Hesus na maabot si Hudas!

Ang kapiraso ay isang ulam ng mga mapait na gulay at sarsa (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 13:2). Ang katulad sa Marcos (14:20) ay nagsasabing "kasama ko." Ito ay isang pagkalito sa detalye ng saksi.

▣ **"Iscariote"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba at ang mga tala sa 6:71 at 18:2.

## NATATANGING PAKSA: ISCARIOTE

Narinig, nakita, at nakipag-ugnayan si Hudas sa Panginoong Hesus sa loob ng pagitan ng maraming taon, ngunit tila wala siyang personal na pakikipag-ugnayan sa Kanya sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Mateo 7:21-23). Si Pedro ay

dumaan sa katulad na katindihan ng pagtutukso tulang ng kay Hudas, ngunit may marahas na pagkakaiba ang mga kinalabasan. Maraming mga pagtalakay ang nangyari patungkol sa layung nag pagkakanulo ni Hudas:

1. ito ay pangunahing pag-salapi (cf. Juan 12:6)
2. ito ay pangunahing pampulitikal (cf. William Klassen, *Judas Betrayer or Friend of Jesus?*)
3. ito ay espirituwal (cf. Juan 13:27)

Sa paksa ng inpluwensiya ni Satanas o pagsanib ng demonyo, maraming magkakaiba mabubuting mga mapapagkunan (nakalista sa ayos na aking pinagkakatiwalaan).

1. Merrill F. Unger, *Biblical Demonology*, *Demons in the World Today*
2. Clinton E. Arnold, *Three Crucial Questions About Spiritual Warfare*
3. Kurt Koch, *Christian Counseling and Occultism*, *Demonology Past and Present*
4. C. Fred Dickason, *Demon Possession and the Christian*
5. John P. Newport, *Demons, Demons, Demons*
6. John Warwick Montgomery, *Principalities and Powers*

Mag-ingat sa mga kathang kultural at mga pamahiin. Si Satanas ay nakaapekto kay Pedro sa Mateo 16:23 upang tuksuhin si Hesus napaka-katulad na paraan—ang Kanyang panghaliling kamatayan. Si Satans ay di-pabago-bago. Sinusubukan niya sa kahit anong paraan na mahinto ang gawaing pagtubos ni Hesus para sa atin.

1. ang panunukso kay Hesus, Lucas 4
2. ginagamit si Pedro
3. ginagamit si Hudas at ang Sanhedrin

Inilalarawan ni Hesus si Hudas bilang isang demonyo sa Juan 6:70. Ang Bibliya ay hindi nagtatalakay ng paksa ng pagsanib at pag-impluwensiya ng demonyo na inuugnay sa mga mananampalataya. Ngunit, ang mga mananampalataya ay walang alinlangang naaapektuhan ng mga pansariing pagpili ang personal na kasamaan!

Ang etimolohiya ng salitang ito ay tila malabo, subalit may mga iba't-ibang posibilidad.

1. *Kerioth*, isang lungsod sa Judah (cf. Joshua 15:25)
2. *Kartan*, isang lungsod sa Galilea (cf. Joshua 21:32)
3. *Karōides,* isang palmang datiles na itinatanim sa Herusalem o Jericho
4. *scortea*, isang tapis o katad na bag (cf. Juan 13:29)
5. *ascara*, pagbibigti (Hebreo) mula sa Mateo 27:5
6. isang patalim ng mamamatay-tao (Griyego), nangangahulugang siya ay isang panatiko tulad ni Simon (cf. Lucas 6:15).

**13:27 "si Satanas nga ay pumasok sa kaniya"** Ito lamang ang gamit ng salitang "Satanas" sa Ebanghelyo ni Juan. Ito ay nangangahulugang "kaaway" sa Hebreo (cf. Lucas 22:3 at Juan 13:2). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:31. Wala bang pananagutan si Hudas dahil pumasok sa kanya si Satanas? Mayroong pag-iigting sa Bibliya sa pagitan ng mga pagkilos ng espirituwal na kaharian (pagpapatigas ng Diyos sa puso ni Paraon) at pananagutan ng tao sa pisikal na nasasakupan. Ang mga tao ay tiyak na hindi ganoon kalaya sa kanilang mga pagpili na tulad ng kanilang iniisip. Lahat tayo ay inilagay sa kalagayang pangkasaysayan, pangkaranasan at pang-*genetics*. Karagdagan sa mga pisikal na tumutukoy ay ang espirituwal na (Diyos, Espiritu, mga Anghel, Satanas, at mga demonyo). Ito ang hiwaga! Subalit, ang mga tao ay hindi mga robot; tayo ay may pananagutan para sating mga pagkilos, mga pagpili at ang kanilang mga kasasapitan. Si Hudas ay kumilos! Hindi siya kumilos nang nag-iisa! Ngunit siya ay may pananagutang moral para sa kanyang mga pagkilos. Ang pagkakanulo ni Hudas at hinulaan (v. 18). Si Satanas ay nanunulsol (Tingnan ang Natatanging Paksa: Personal na Kasamaan sa 12:31). Ito ay kalunos-lunos na si Hudas ay hindi kailanman lubusang dumating sa "pagkakakilala" o pananampalatay kay Hesus.

**13:29 "si Hudas ang may tangan ng supot"** Si Hudas ang naatasang magtago ng salapi ng pangkat (cf. 12:6). Tingnan ang buong tala sa 18:2.

**13:30 "noo'y gabi na"** Ito ba ay isang sangkap ng panahon o isang espirituwal na pagsusuri? Si Juan ay kadalasang gumagamit ng ganitong mga malalabong parirala na maaaring maunawaan sa maraming paraan (i.e., Nicodemo, cf. 3:2; 19:39).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 13:31-35

**31Nang siya nga'y makalabas na, ay sinabi ni Hesus, Ngayon ay niluluwalhati ang Anak ng tao, at ang Diyos ay niluluwalhati sa kaniya: 32At luluwalhatiin siya ng Diyos sa kaniyang sarili, at pagdaka'y luluwalhatiin siya niya. 33Maliliit na anak, sumasa inyo pa ako ng kaunting panahon. Ako'y inyong hahanapin: at gaya ng sinabi ko sa mga Judio, Sa paroroonan ko, ay hindi kayo mangakaparoon: gayon ang sinasabi ko sa inyo ngayon. 34Isang bagong utos ang sa inyo'y**

**ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa. [35]Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad, kung kayo'y may pagibig sa isa't isa.**

**13:31-38** Ang mga talata ay bumubuo ng bahagi ng isang mas malaking konteksto ng magkakasunod ng mga tanong mula sa mga alagad (cf. 13:36; 14:5,8,22; 16:17-19) na tinatong sa pakikipag-usap sa Itaas na Silid noong gabi ng Hapunan ng Panginoon. Ito ay malinaw na ang mga pahayag ni Hesus ay magdudulot sa mga Apostol na magkaroon ng maraming mga tanong batay sa kanilang di-pagkakaunawa ng mga salita ni Hesus.

1. Pedro (13:36)
2. Tomas (14:5)
3. Felipe (14:8)
4. Hudas (hindi Iscariote) (14:22)
5. ang ilang sa Kanyang mga alagad (16:17-19)

**13:31 "ang Anak ng Tao"** Ito ay pinili ni Hesus na pansariling paghirang. Ang kaligiran ay mula sa Ezekiel 2:1 at Daniel 7:13. Ito ay nagpapahiwatig ng pang-tao at pang-Diyos na mga katangian. Ginamit ito ni Hesus dahil ang salita ay di wastong ginamit sa rabinikal na Judaismo, samakatuwid, ito ay walang pambansa o pang-militar na mag pagkakasangkot at pinagsasama nito ang Kanyang dalawang kalikasan (cf. I Juan 4:1-3).

**13:32** Mayroong isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan sa talatang ito. Ang mas mahabang talata ay matatagpuan sa NASB, NKJV, NRSV, TEV, and NJB. Ito ay tinaguyod ng mga kasulatang $\aleph^c$, A, $C^2$, K, at ang *Textus Receptus*. Ito ("kung ang Diyos ay naluwalhati sa kaniya") ay naiwan sa MSS $P^{66}$, $\aleph^*$, B, $C^*$, D, L, W, and X. Sila ay tila mas mabuting pangkat ng mga kasulatan. Ngunit maaaring ang mga skriba ay nalito sa pagkakatulad at sadyang tinanggal ang unang parirala.

▣ **"luluwalhatiin"** Ang salita ay ginamit sa apat of limang pagkakataon sa vv. 31 and 32—dalawa o tatlong beses AORIST NA AMANAHON at dalawang beses sa PANGHINAHARAP NA PAMANAHON. Ito ay tumutukoy sa planong pagtubos ng Diyos sa pamamagitan ng kamatayan and muling pagkabuhay ni Hesus (cf. 7:39; 12:16,23; 17:1,5). Ito ay tumutukoy sa mga susunod na pangyayari sa buhay ni Hesus. Sila ay lubhang may katiyakan na mangyari na kanilang inihayag na tulad ng mga nakalipas na pangyayari (AORISTS). Tingnan ang tala sa 1:14.

**13:33 "Maliliit na anak"** Si Juan, na sumusulat bilang isang matanda mula sa lungsod o pook ng Efeso, ay gumagamit sa katulad ng titulo upang magpahayag sa kanyang mga tagapakinig/tagapagbasa sa I Juan 2:1,12,28; 3:7,18; 4:4; 5:21. Dito, ang talinghaga ni Hesus ay isa pang paraan upang Siya ay makilala kasama ng Ama. Siya ay ama, kapatid, tagapagligtas, kaibiga, at Panginoon O kung ilalagay sa ibang paraan, Siya ay kapwa napakataas na Diyos at palagian kasama.

▣ **"sumasa inyo pa ako ng kaunting panahon. . .gaya ng sinabi ko sa mga Hudyo"** Sinabi na ito ni Hesus sa mga pinunong Hudyo maraming buwan na ang nakalilipas (cf. 7:33); ngayon sinabi Niya sa Kangyang mga Apostol (cf. 12:35; 14:19; 16:16-19). Samakatuwid, malinaw na ang sangkap ng panahon ay tila baga malabo.

▣ **"Sa paroroonan ko, ay hindi kayo mangakaparoon"** Ang mga pinunong Hudyo ay palagiang hindi makakaparoon (cf. 7:34,36; 8:21). ang mga alagad ay hindi Siya makakasama hanggang sa kanilang mga kamatayan. Ang kamatayan, o ang *rapture*, ay mapag-iisa ng Kanyang mga alagad sa Kanya (cf. II Corinto 5:8; I Thesalonica 4:13-18).

**13:34 "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa"** "mangag-ibigan sa isa't isa" ay hindi bagong kautusan (cf. Lev. 19:18; para sa "Kautusan" Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:50). Ang bago dito ay ang mga mananampalataya ay mag-iibigan sa bawat isa gaya ng pag-ibig ni Hesus sa kanila. (cf. 15:12,17; I Juan 2:7-8; 3:11,16,23; 4:7-8,10-12,19-20; II Juan 5).

Ang Ebanghelyo ay isang taong tinanggap, isang kalipunan ng katotohanan na pinananampalatayanan, at isang buhay na isinasabuhay (cf. 14:15,21,23; 15:10,12; I Juan 5:3; II Juan 5,6; Lucas 6:46). Ang Ebanghelyo tinanggap, pinaniwalaan, at isinabuhay! Ito ay isinasabuhay sa pag-ibig o ito ay hindi isinasabuhay!

Gusto ko ang pahayag ni Corley sa kanyang isinulat na "Teolohiyang Biblikal ng Bagong Tipan" sa aklat ng *hermeneutics, Foundations For Biblical Interpretation*: "Ang mga tao ni Kristo ay natatangi sa tamang pag-ibig, nakung saan ang 'pagiging ganap' ng biyaya ay nauugnay sa 'pagiging nararapat' ng pag-ibig sa pamamagitan ng gawa ng Espiritu (cf. Galacia 5:6,25; 6:2; Santiago 3:17-18; Juan 13:34-35; I Juan 4:7)" (p. 562).

**13:35 "Sa ganito'y mangakikilala ng lahat ng mga tao na kayo ay aking mga alagad"** Ang pag-ibig ay isang katangian na hindi mahuhuwad ni Satans. Ang mga mananampalataya ay natatangi sa pamamagitan ng pag-ibig (cf. I Juan 3:14; 4:7-21).

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URI MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nangangahulugang maaaring pagkilos. Ang ating mga pagkilos sa ibang mga kristiyano ay nagpapatibay ng ating pakikipag-ugnayan kay Hesus (cf. I Juan 2:9-11; 4:20-21).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 13:36-38

**36 Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro, Panginoon, saan ka paroroon? Sumagot si Hesus, Sa paroroonan ko, ay hindi ka makasusunod sa akin ngayon: nguni't pagkatapos ay makasusunod ka. 37 Sinabi sa kaniya ni Pedro, Panginoon, bakit hindi ako makasusunod sa iyo ngayon? Ang aking buhay ay ibibigay ko dahil sa inyo. 38 Sumagot si Hesus. Ang buhay mo baga'y iyong ibibigay dahil sa akin? Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi titilaok ang manok, hanggang ikaila mo akong makaitlo.**

**13:36 "Sinabi sa kaniya ni Simon Pedro"** Ito ay una sa mga sunod-sunod na mga tanong ng mga alagad patungkol sa mga pahayag ni Hesus sa vv. 31-35 (cf. 13:36; 14:5,8,22; 16:17-19). Ako ay nagagalak na ang mga alagad ay tinanong ang katanungan at naalala at tinala ito ni Juan!

**13:37 "Ang aking buhay ay ibibigay ko dahil sa inyo"** Ito ang ibig sabihan ni Pedro! Ngunit ito ay nagpapakita ng pagiging mahina ng nalugmok na sangkatauhan at paanong nagsuko ang ating Panginoon, na ginawa ng ganap ito.

**13:38 "Katotohanan, katotohanang"** Tingnan ang tala sa 1:51.

▣ **"Hindi titilaok ang manok, hanggang ikaila mo akong makaitlo"** Ito ay dapat na isang Romanong tandang. Ang mga Hudyo ay hindi pinapayagan ang mga hayop sa lungsod bahil ito'y banal na lupa. Ito ang dahilan kung bakit ang mga mayamang tao ay may mga hardin (na nangangailangan ng pataba) sa labas ng pader sa Bundok ng Olibo. Ang Hardin ng Gethsemane ay isa sa mga harding ito.

Ginagamit ni Hesus ang hula upang palakasin ang pananampalataya sa Kanyang sarili. Kahit na sa isang bagay na negatibo ay inihahayag ang Kanyang kaalaman at kapamahalaan sa mga magaganap na pangyayari (cf. 18:17-18, 25-27; Mateo 26:31-35; Marcos 14:27-31; Lucas 22:31-34).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit hindi tinala ni Juan ang aktuwal na nangyari sa Hapunan ng Panginoon?
2. Bakit hinugasan ni Hesus ang mga paa ng alagad? Kailangan ba nating hugasan ang paa ng bawat isa?
3. Bakit pinili ni Hesus si Hudas bilang Kanyang alagad?
4. Paano malalaman ng isa kung siya nga ay isang Kristiyano?

# JUAN 14

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus, ang Daan sa Ama | Ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay | Ang Kaugnayan ng Mananampalataya sa Naluwalhating Kristo | Si Hesus, ang Daan sa Ama | Mga Pamamaalam na Pahayag (13:31-14:31) |
| 14:1-14 | 14:1-6 | 14:1-7 | 14:1-4 | 14:1-4 |
| | | | 14:5 | 14:5-7 |
| | Ang Paghahayag sa Ama | | 14:6-7 | |
| | 14:7-11 | | | |
| | | 14:8-14 | 14:8 | 14:8-21 |
| | Ang Tinugong Panalangin | | 14:9-14 | |
| | 14:12-14 | | | |
| Ang Pangako ng Espiritu | Si Hesus ay Nangako ng Isang Tagatuwang | | Ang Pangako ng Banal na Espiritu | |
| 14:15-24 | 14:15-18 | 14:15-17 | 14:15-17 | |
| | Ang Pananahanan ng Ama at ng Anak | 14:18-24 | 14:18-20 | |
| | 14:19-24 | | | |
| | | | 14:21 | |
| | | | 14:22 | 14:22-31 |
| | Ang Kaloob ng Kanyang Kapayapaan | | 14:23-24 | |
| 14:25-31 | 14:25-31 | 14:25-31 | 14:25-26 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## KALIGIRAN NG JUAN 14:1-31

A. Hindi dapat magkaroong ng pagbahabahagi mula Juan 13 hangang 17 dahil ito ay isang pangpanitikang yunit, ang pag-uusap sa Itaas na Silid sa gabi ng Hapunan ng Panginoon. Ito ay malinaw na ang mga pahayag ni Hesus patungkol sa paglisan ay nagbunga sa mga alagad na magkaroon ng maraming tanong. Ang kontekstong ito ay binuo sa mga sunod-sunod ng mga tanong batay sa di-pagkakaunawag ng mga Apostol sa mga salita ni Hesus
   1. Pedro (13:36)
   2. Tomas (14:5)
   3. Felipe (14:8)
   4. Hudas (hindi Iscariote) (14:22)
   5. ilan sa Kanyang mga alagad (16:17-19)

   Tandaan, Si Juan ay gumagamit ng pag-uusap upang ipahayag ang katotohanan!

B. Ang mga tanong na ito ay patuloy na makakatulong sa mga mananampalataya
   1. Ipinakita nila na kahit na ang mga Apostol na palaging kasama ni Hesus ay hindi palaging nakakaunawa sa Kanya.
   2. Ilan sa mga napaka-halaga at malalim na salita ni Hesus ay naipahayag sa pagtugon sa mga tapat na mga tanong ng di-pagkakaintindihan.

C. Ang Kabanata 14 ay nagsimula sa paghahayag ni Hesus ng paparitong "tagapagtulong."
   1. Ang mga sangunian ni Hesus sa Banal na Espiritu sa pag-uusap sa Itaas na Silid ay tuwirang may kaugnayan (at may katakdaan) sa mga pagkatakot ang pagkabalisa ng mga alagad kaugnay ng paglisan ni (cf. 13:33,36).

      Si Michael Magill sa *New Testament TransLine* (p. 355) ay mayroong isang pangkaalamang balangkas ng mga kontekstuwal na sago ni Hesus sa mga pagkatakot.
      a. "ikaw ay makakasama ko sa isang araw sa aking pupuntahahan," vv. 1-11
      b. "Makakabuti para sayo na ako ay lilisan," vv. 12-17
      c. "Ako ay pupunta sa'yo na kung saan ka at ihahayag ko ang Aking sarili," vv. 18-26
      d. "Iiwan ko ang aking kapayapaan ngayon," vv. 27-31
   2. Ang pagtalakay ng ministeryo ng Banal na Espiritu ay may katakdaan ang saklaw. Napakaraming mga napakahalagang aspeto ng Kanyang ministeryo ang hindi tinalakay ninuman sa kontekstong ito.
   3. Ang gawain ng Espiritu
      a. tagapaghayag ng katotohanan at
      b. pagbibigay diin sa personal na taga-agapay

## PAG-AARAL SA SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 14:1-7

**1 Huwag magulumihanan ang inyong puso: magsisampalataya kayo sa Diyos, magsisampalataya naman kayo sa
akin. 2 Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan; kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo; sapagka't ako'y paroroon
upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan. 3 At kung ako'y pumaroon at kayo'y maipaghanda ng kalalagyan, ay
muling paririto ako, at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili; upang kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon. 4 At
kung saan ako paroroon, ay nalalaman ninyo ang daan. 5 Sinabi sa kaniya ni Tomas, Panginoon, hindi namin nalalaman
kung saan ka paroroon; paano ngang malalaman namin ang daan? 6 Sinabi sa kaniya ni Hesus, Ako ang daan, at ang
katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko. 7 Kung ako'y nangakilala
ninyo ay mangakikilala ninyo ang aking Ama: buhat ngayon siya'y inyong mangakikilala, at siya'y inyong nakita.**

**14:1 "Huwag magulumihanan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG DI HAYAG NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang nagpapatuloy na pagkilos. "Itigil na hayaang magulumihana ang inyong mga puso." Ang mga pahayag ni Hesus patungkol sa paglisan ay nagdulot ng malubhang pagkabahala.

▣ **"inyong puso"** Pansinin ang PANGMARAMIHAN. Si Hesus ay nagsasalita sa lahat ng labing-isa. Ang pang-Hebreong gamit ng "puso" ay nagpapahiwatig ng kabuuan ng tao: kaisipan, kapasyahan at damdamin (cf. Deut. 6:5; Mateo 22:37). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:40.

▣ **"magsisampalataya kayo sa Diyos, magsisampalataya naman kayo sa akin"** Ito ay alinman sa dalawang PANGKASALUKUYANG HAYAG NA PAUTOS (NASB, REB) o dalawang PANGKASALUKUYANG HAYAG NA MAY PAHIWATIG o ang pagsasama ng dalawa (NKJV, NJB and NET Bible ay nagsasabi na ang una ay MAY PAHIWATIG at ang pangalawa ay PAUTOS). Ang pananampalataya ay nagpapatuloy at kinauugalian. Ang pang-bariralang pagtitimbang ng balangkas ng talatang ito ay

nagpapakita ng pag-angkin ni Hesus na pagkakapantay sa Diyos. Tandaan ding ang mga Hudyong ito ay tumatalima sa iisang Diyos (*monotheismo*) (cf. Deut. 6:4-6) at ngayon ay nakikilala ang mga kakahantungan ng mga pahayg ni Hesus (Tingnan ang Natatanging Paksa: Trinidad sa 14:26). Ito'y isang bagay na maniwala sa isang Kataas-taasang Nabubuhay at ito'y lubos na naiiba na maging isang Kristiyano. Ang pariralang ito ay tumutuon hindi sa isang doktrinal na pananampalataya, ngunit sa persona ni Hesukristo.

**14:2 "Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan"** "Ang tahanan" ay ginamit sa OT ng Tabernakulo o ang Templo (cf. II Samuel 7), subalit, sa kontekstong ito, malinaw na pinahihiwatig ang pampamilyang mga tahanan ng Diyos sa kalangintan o ang paninirahan kasama Niya sa Kaniyang templo (cf. Awit 23:6; 27:4-6).

▣
**NASB, NRSV "maraming tahanan"**
**NKJV "mga mansyon"**
**TEV "mga silid"**
**NJB "maraming lugar"**

Ang salin ng KJV, "mga mansyon," ay nakakapanlinlang. Ang Griyegong salita ay nangangahulugang "palagiang mga lugar na paninirahan" (cf. 14:23) na walang kaisipan ng pagmamalabis. Ang larawan ay ang lahat ng mga mananampalataya ay magkakaroong ng sariling silid sa tahanan ng Ama (cf. TEV, NJB), tulad ng isang bahay-panuluyan na ang lahat ay kakaing magkasama araw-araw.

Nakakawili na ito ay galing sa katulad ng Griyegong salitang-ugat "mamatili," na isang pangunahing kaisipan (cf. kabanata 15) sa Juan. Ang ating tahanan na kasama ng Ama ay malulubos sa ating pananatili sa Anak.

▣ **"kung"** Ito ay isang bahagyang PANGALAWANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Maraming mga silid ang nandoon. Ang pariralang ito ay mahirap na maisalin.

| | |
|---|---|
| **NASB. REB, NIV** | **"kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo"** |
| **NKJV** | **"kung di gayon, ay sinabi ko sana sa inyo"** |
| **TEV** | **"Hindi ko sinabi ito kung hindi gayon"** |
| **NJB, NET** | **"kung hindi, sinabi ko na dapat sa inyo"** |
| **Young's literal translation** | **"at kung hindi, sinabi ko sana sa inyo"** |
| **New Berkley Version** | **"kung ito ay hindi gayon, sinabi ko na sana sa inyo"** |
| **Williams Translation** | **"kung hindi nagkagayon, sinabi ko sana sa inyo"** |

▣ **"ako'y paroroon upang ipaghanda ko kayo ng dakong kalalagyan"** Hindi ipinakakahulugang ipahiwatig nito na ang langit, sa isang pisikal na diwa, ay hindi inihanda bago rito, ngunit ang buhay, mga katuruan at kamatayan ni Hesus ay nagpahintulot sa makasalanang sankatauhan na lumapit at manirahan kasaman ng banal na Diyos. Si Hesus ay nagpauna bago sa mga mananampalataya bilang isang gabay at tagapauna (cf. Hebreo 6:20).

**14:3 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nangangahulugang maaaring pagkilos. Sinabi ni Hesus sa kanila na Siya ay dagliang babalik sa Ama (i.e., 7:33; 16:5,10,17,28) at Siya ang maghahanda ng kinalalagyan para sa kanila.

Ang Tulong para sa mga Tagapagsalin mula sa *United Bible Societies* sa Juan nina Newman at Wider ay nagsabing ang sugnay na ito ay kailangang maunawaan sa isang pansamantalang diwa ng "pagkatapos Ako'y paparoon" o "kapag Ako'y pumaroon" o "yamang Ako'y paparoon" (p. 456).

▣ **"kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili"** Ito ay tumutukoys sa Pangalawang Pagdating o kamatayan (cf. II Corinto 5:8; I Thesolonica 4:13-18). Ang harapang pakikipag-ugnayan kasama si Hesus ay pagpapakita ng pakipag-unayan kay Hesus at sa Ama (cf. 1:1,2). Ang mga Kristiyano ay makikilahok sa matalik na pakikipag-ugnayan sa pagitan ni Hesus at ng Ama (14:23; 17:1ff).

Ang PANDIWANG ginamit dito, tumanggap (*paralambanō*), ay nagpapahiwatig na "malugod na pagtanggap sa isang tao." Ang langit ay personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos. Ito ay kaiba sa 1:12 (*lambanō*). May kahirapang linawin ang ganap na semantikong pagpapatong sa dalawang salitang ito; sila ay madalas na magkasingkahulugan.

▣ **"kung saan ako naroroon, kayo naman ay dumoon"** Ang langit ay kung saan nandoon si Hesus (cf. 17:24)! Ang langit ay harapang pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos! Ang NT ay hindi ganap na maliwag kung kailan magaganap ang lubusang pakikipag-ugnayan.

1. sa kamatayan, II Corinto 5:8
2. sa Pangalawang Pagdating, I Thesolonica 4:13-18

Ang Bibliya ay nakakagulat ang pananahimik patungkol sa pagkatapos ng buhay. Isang mabuting maikling aklat ni William Hendriksen ay *The Bible On the Life Hereafter*.

## NATATANGING PAKSA: NASAAN ANG MGA PATAY?

I. Lumang Tipan

A. Ang lahat ng tao ay mapupunta sa *Sheol* (ang etimolohiya ay hindi tiyak, BDB 1066), na ito ay isang paraan upang tukuyin ang kamatayan o ang libingan, na madalas sa mga Karunungang Panitikan at Isaias. Sa OT ito ay isang maanino, may kamalayan, ngunit walang kaligayahang pag-iral (cf. Job 10:21-22; 38:17).

B. Katangian ng *Sheol*

1. inuugnay sa kahatulan ng Diyos (apoy), Deut. 32:22
2. inuugnay ka kahatulan kahit na bago dumating ang araw ng Paghuhukom, Awit 18:4-5
3. inuugnay sa *abaddon* (pagkawasak), na kung saan nandoon din ang Diyos, Job 26:6; Awit 139:8; Amos 9:2
4. inuugnay sa "ang hukay" (libingan), Awit16:10; Isaias 14:15; Ezekiel 31:15-17
5. ang masasama ay bababa ng buhay sa *Sheol*, Bilang 16:30,33; Awit 55:15
6. kadalasang kinakatawang ng isang hayop na may malaking bunganga, Bilang 16:30; Isaias 5:14; Hab. 2:5
7. ang mga tao doon ay tinatawag na *Repha'im*, Isaias 14:9-11)

II. Bagong Tipan

A. Ang Hebreong *Sheol* ay isinalin sa Griyegong *Hades* (ang di-nakikitang mundo)

B. Katangian ng *Hades*

1. tumutukoy sa kamatayan, Mateo 16:18
2. inuugnay sa kamatayan, Pahayag 1:18; 6:8; 20:13-14
3. kadalasang inuugnay sa lugar ng palagiang pagpaparusa (*Gehenna*), Mateo 11:23 (sipi sa OT); Lucas 10:15; 16:23-24
4. kadalasang inuugnay sa libingan, Lucas 16:23

C. Maaaring pagkakahati-hati (mga rabi)

1. ang matuwid na bahagi ay tinatawag na paraiso (totoong ibang pangalan para sa langit, cf. II Corinto 12:4; Pahayag 2:7), Lucas 23:43
2. ang masamang bahagi ay tinatawag na *Tartarus*, II Pedro 2:4, kung saan ito ang lugas na tinatangan ang mga masamang anghel (cf. Genesis 6; I Enoch)

D. *Gehenna*

1. Ipinaliliwanag nito ang pariralang OT, "ang lambak ng mga anak ni Hinnom," (timog ng Herusalem). Ito ay lugar na ang apoy na diyos ng Phoenicia, *Molech* (BDB 574), ay sinamba sa pamamagitan ng pagaalay ng bata (cf. II Hari 16:3; 21:6; II Cronika 28:3; 33:6), ito ay ipinagbabawal sa Lev. 18:21; 20:2-5.
2. Si Jeremias ay binago ito mula sa isang lugar ng paganong pagsamba sa isang lugar ng paghuhuko ni YHWH (cf. Jer. 7:32; 19:6-7). Ito ay naging isang lugar ng apoy, walang hanggang paghuhukom sa I Enoch 90:26-27 and Sib. 1:103.
3. Ang Hudyo sa panahon ni Hesus na nangingilabot sa pakikilahot ng kanilang mga ninuno sa paganong pagsamba sa pamamagitan ng pag-aaral ng bata, ay ginawa nilang lugar na pinagtatapunan ng basura para Herusalem. Marami sa mga talinghaga ni Hesus para sa mga walang hanggang parusa ay nanggaling sa tapunang ito (apoy, usok, mga uod, nakakasulasok na amoy, cf. Marcos 9:44,46). Ang salitang *Gehenna* ay ginamit lamang ni Hesus (maliban sa Santiago 3:6).
4. Ang paggamit ni Hesus sa *Gehenna*
   a. apoy, Mateo 5:22; 18:9; Marcos 9:43
   b. pamalagian, Marcos 9:48 (Mateo 25:46)
   c. lugar ng pagkawasak (kapwa kaluluwa at katawan), Mateo 10:28
   d. inihahalintulad sa *Sheol*, Mateo 5:29-30; 18:9
   e. itinatangi ang mga masasama bilang "anak ng impyerno," Mateo 23:15
   f. bunga ng pagpapataw na kaparusahan, Mateo 23:33; Lucas 12:5
   g. ang kaunawaan sa *Gehenna* ay maihahalintulad sa pangalawang kamatayan (cf. Pahayag 2:11; 20:6,14) o sa lawa ng apoy (cf. Mateo 13:42,50; Pahayag 19:20; 20:10,14-15; 21:8). Maaaring ang lawa ng apoy ay magiging pamalagiang lugar na titirhan ng mga tao (mula sa *Sheol*) at mga masamang anghel (mula sa *Tartarus*, II Pedro 2:4; Hudas v. 6 o sa kailaliman, cf. Lucas 8:31; Pahayag 9:1-11; 20:1,3).
   h. hindi ito ginawa para sa mga tao, ngunit para kay Satanas at sa kanyang mga anghel, Mateo 25:41

E. Ito ay maaari, dahil sa pagpapatong ng *Sheol*, *Hades*, and *Gehenna* na

1. sa simula lahat ng mga tao ay mapupunta sa *Sheol/Hades*
2. ang kanilang karanasan (mabuti/masama) is ay papalalain pagkatapos ng Araw ng Paghuhukom, ngunit ang lugar ng mga masasama ay mananatiling katulad ng dati (ito ang dahilan kung bakit isinali ng KJV ang *hades*

(libingan) bilang *gehenna* (impyerno).

3. ang nag-iisang talata sa NT na nagbanggit ng pagdurusa bago ang Paghuhukom ay ang parabula sa Lucas 16:19-31 (Lazaro at ang Mayaman). Ang *Sheol* ay inilalarawan din bilang isang lugar ng pagpaparusa ngayon (cf. Deut. 32:22; Awit 18:1-5). Subalit, ang sinuman ay hindi makakabuo ng doktrina sa isang parabula.

III. Panggitnang kalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

A. Ang NT ay hindi nagtuturo ng "pagiging walang kamatayan ng kaluluwa," na isa sa maraming mga sinaunang pananaw pagkatapos ng buhay.

1. ang mga kaluluwa ng tao ay umiiral na bago pa ang pisikal na buhay
2. ang mga kaluluwa ng tao ay walang-hangan bago at pagkatapos ng pisikal na buhay
3. kadalasang ang pisikal na katawan ay nakikita bilang isang bilangguan at ang kamatayan bilang paglaya pabalik sa dating kalagayan bago ang pag-iral

B. Ang NT ay nagpapahiwatig ng nabuwag na kalalagayan sa pagitan ng kamatayan at muling pagkabuhay

1. Si Hesus ay nagsalita sa pagkakahati sa pagitan ng katawan at kaluluwan, Mateo 10:28
2. Si Abraham ay maaaring nagkaroon ng isang katawan ngayon, Marcos 12:26-27; Lucas 16:23
3. Si Moises at Elias ay may pisikal na katawan sa pagbabagong-anyo ni Hesus, Mateo 17
4. Binigyang-diin ni Pablo na ang Pangalawang Pagparito, ang mga kaluluwa kasama ni Kristo ay makakatanggap muna ng mga katawan, I Thesolonica 4:13-18
5. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay makatatanggap ng bagong espirituwal na katawan sa araw ng muling pagkabuhay, I Corinto 15:23,52
6. Binigyang-diin ni Pablo na ang mga mananampalataya ay hindi mapupunta sa *Hades*, ngunit sa kamatayan ay kasama ni Hesus, II Corinto 5:6,8; Filipos 1:23. Napagtagumpayan ni Hesus ang kamatayan at kinuha ang mga matutuwid na kasama Niya sa langit, I Pedro 3:18-22.

IV. Ang Langit

A. Ang salita ay ginamit sa tatlong mga diwa sa Bibliya.

1. ang *atmosphere* sa taas ng lupa, Gen. 1:1,8; Isaias 42:5; 45:18
2. ang mabituing kalangitan, Gen. 1:14; Deut. 10:14; Awit 148:4; Hebreo 4:14; 7:26
3. ang lugar ng luklukan ng Diyos, Deut. 10:14; I Hari 8:27; Awit 148:4; Efeso 4:10; Hebreo 9:24 (pangatlong langit, II Corinto 12:2)

B. Ang Bibliya ay hindi naghayag nang marami patungkol sa pagkatapos ng buhay, marahil dahil ang mga nalugmok na mga sangkatauhan ay walang paraan o kakayahan na maunawaan (cf. I Corinto :9).

C. Ang langit ay kapwa isang lugar (cf. Juan 14:2-3) at isang persona (cf. II Corinto 5:6,8). Ang langit ay maaaring ipanumbalik sa Hardin ng Eden (Genesis 1-2; Revelation 21-22). Ang mundo ay malilinis at maibabalik sa dati (cf. Gawa 3:21; Roma 8:21; II Pedro 3:10). Ang larawan ng Diyos (Gen. 1:26-27) ay napanumbalik ni Kristo. Ngayon ang malapit na pakikipag-ugnayan sa Hardin ng Eden ay maaari muli.

Subalit, ito ay maaaring isang talinghaga (ang langit bilang isang malaki, malakubong lungsod sa Pahayag 21:9-27at hindi literal. Inilalarawan ng I Corinthians 15 ang pagkakaiba sa pagitan ng pisikal na katawan sa espirituwal na katawan bilang isang binhi sa isang ganap na halaman. Muli, ang I Corinto 2:9 (isang sipi mula sa Isaias 64:4 at 65:17) ay isang dakilang pangako at pag-asa! Nalalaman ko na kapag makita natin Siya, tayo ay magiging katulad Niya (cf. I Juan 3:2).

V. Mga mapagkukunang tulong

A. William Hendriksen, *The Bible On the Life Hereafter*
B. Maurice Rawlings, *Beyond Death's Door*

**14:4 "nalalaman ninyo ang daan"** Ang pahayag ni Hesus ay nagdulot kay Tomas na ipahayag ang kanyang pag-aalinlangan sa pagkaalam ng daan. Ang sagot ni Hesus ay pinahayag sa tatlong mga salita sa kadalasang ginagamit sa OT.

**14:6 "Ako ang daan"** Sa OT, ang biblikal na pananampalataya ay pinapahayag bilang isang landas ng pamumuhay (cf. Deut. 5:32-33; 31:29; Awit 27:11; Isaias 35:8). Ang pamagat ng mga naunang iglesiya ay "ang Daan" (cf. Gawa 9:2; 19:9,23; 24:14,22). Binibigyang-diin ni Hesus na Siya nga at Siya lang ang daan sa Diyos. Ito ang teolohikal na diwa ng Ebanghelyo ni Juan! Ang mabubuting gawa mula sa lakad ng buhay ay isang katunayan ng personal na pananampalataya (cf. Efeso 2:8-9,10), hindi bilang daan ng katuwiran. Tingnan ang tala sa 8:12.

▣ **"ang katotohanan"** Ang salitang "katotohanan" sa pilosopiyang Griyego ay mayroong kahulugang "katotohanan" laban sa "kasinungalingan" o "katunayan" laban sa "ilusyon." Ngunit, sila ay mga alagad na nagsasalita ng Aramaiko na nakaunawa

kay Hesus na nagsasalita sa diwa ng katotohanan sa OT na "pagiging totoo " or "katapatan" (cf. Awit 26:3; 86:11; 119:30). Kapwa "katotohanan" at "buhay" ang tumatangi sa "ang daan." Ang salitang "katotohanan" ay kadalasang ginagamit sa Juan ilarawan ang pagkilos ng Diyos (cf. 1:14; 4:23-24; 8:32; 14:17; 15:26; 16:13; 17:17,19). Tingnan ang mga Natatanging Paksa sa Katotohanan sa 6:55 at 17:3.

▣ **"ang buhay"** The "life" ay *zoā*, na ginamit ni Juan upang ilarawan ang buhay sa bagong panahon. Sa OT, ang buhay pananampalataya ng isang mananampalataya ay ipinapahayag bilang isang daan patungong buhay (cf. Awit 16:11; Kawikaan 6:23; 10:17). Ang lahat na tatlong salita ay may kaugnayan sa buhay pananampalataya na matatagpuan lamang sa personal na pakikipag-ugnayan ka Hesukristo.

▣ **"sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko"** Anong nakakagulat na pag-aangkin! Ito ay napaka-higpit ngunit napakalinaw din na naniniwala si Hesus na tanging sa pamamagitan ng isang personal na pakikipag-ugnayan sa Kanyang sarili, ang sinuman ay makakakilala sa Diyos (cf. I Juan 5:10-12). Ito ay kadalasang tinatawag na natatanging kasiraan ng Kristiyanismo. Walang gitna dito. Ang pahayag na ito ay totoo o ang Kristiyanismo ay kasinungalingan! Sa maraming paraan ito ay katulad ng Juan 10.

**14:7 "Kung"** May pagkakaiba sa kasulatan na kaugnay sa uri ng MAY PASUBALING PANGUNGUSAP. Ang Griyegong talata ng *United Bible Societies* ay tinataguyod ang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, katulad ng sa mga sinaunang Griyegong kasulatan $P^{66}$, א, and D. Ito ay maaaring ngayong isalin na "kung nakikilala niyo Ako at ginawa niyo, kung gayon ay makikilala niyo ang Aking Ama, na ginawa niyo."

Ito ay maaaring isang PANGALAWANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na kadalasang tinatawag na "salunggat sa katotohanan." Ang salin ngayon ay magiging "kung nakikilala niyo Ako, na hindi naman, kung gayon ay makikilala niyo ang Aking Ama, na hindi niyo ginawa." Ito ay tinataguyod ng mga kasulatang, A, B, C, $D^b$, K, L, and X. Ito ay isang napakahirap na pahayag dahil ipinalalagay nating na ang mga Apostol ay nanampalataya sa kaligtasan kay Hesus bilang Mesias na ipinadala ni YHWH. Itong bago at panghantungan na natatanging katotohanan ay maaaring napakahirap para sa kanila na maunawaan. Ang Ebanghelyo ni Juan ay tila naghahayag ng mga antas na pananampalataya. Ang konteksto ay tumataguyod sa PANGALAWANG URING MAY PASUBALI. Pansinin din ang katulad na kalagayan sa vv. 2 at 28.

▣ **"ako'y nangakilala ninyo"** Si Hesus ay muling nagpapahayag sa buong pangkat ng Apostol (cf. v. 9). Ang salitang "makilala" ay ginamit sa diwa na OT, na nagsasabi ng malapit na personal na pakikipag-ugnayan, hindi lang kamalayang karunungan (cf. Gen. 4:1; Jer. 1:5).

▣ **"mangakikilala ninyo ang aking Ama"** Ang makita si Hesus ay makita ang Diyos (cf. Juan 1:14-18; 5:24; 12:44-45; II Corinto 4:4; Colosas 1:15; Hebreo 1:3)! Si Hesus ang ganap na kapahayagan ng di-nakikitang Diyos. Walang sinuman na tumanggi kay Hesus ang makakag-angkin na kilala niya ang Diyos (cf. I Juan 5:9-12).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:8-14

**8Sinabi sa kaniya ni Felipe, Panginoon, ipakita mo sa amin ang Ama, at sukat na ito sa amin. 9Sinabi sa kaniya ni Hesus, Malaon nang panahong ako'y inyong kasama, at hindi mo ako nakikilala, Felipe? ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama; paanong sinasabi mo, Ipakita mo sa amin ang Ama? 10Hindi ka baga nananampalataya na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin? ang mga salitang aking sinasabi sa inyo'y hindi ko sinasalita sa aking sarili: kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng kaniyang mga gawa. 11Magsisampalatayakayo sa akin na ako'y nasa Ama, at ang Ama ay nasa akin: o kungdi kaya'y magsisampalataya kayo sa akin dahil sa mga gawa rin. 12Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa; at lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya; sapagka't ako'y paroroon sa Ama. 13At ang anomang inyong hingin sa aking pangalan, ay yaon ang aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak. 14Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin.**

**14:8 "Sinabi sa kaniya ni Felipe"** Malinaw na si Felipe (1) ay nagnais ng isang pangitain ng Diyos (*Theophany*) na katulad nina Moises, Isaias, o Ezekiel o (2) ay lubusang di-naunawaan ang mga salita ni Hesus. Sumagot si Hesus sa pagbabatibay nang si Felipe ay nakita at nakilala Siya, nakita at nakilala niya ang Diyos (cf. Colosas 1:15; Hebreo 1:3)!

▣

**NASB** **"sukat na ito sa amin"**
**NKJV** **"ito ay tama na sa amin"**
**NRSV** **"kami ay masisiyahan"**
**TEV** **"iyan lang ang kailangan namin"**
**NJB** **"pagkatapos kami ay masisiyahan"**

Ang mga alagad na ito ay nangangailangan ng ilang uri ng pagpapatibay tulad ng mga Fariseo. Subalit, ang mga mananampalataya ay kailangang lumakad sa pananampalataya at hindi umasa sa paningin (cf. II Corinto 4:18; 5:7) sa mga espirituwal na mga bagay. Ang pagtitiwala ay ang isyu!

**14:9 "Malaon nang panahong ako'y inyong kasama"** Pansining ito ay PANGMARAMIHAN. Si Felipe ay nagtanong ng katanungan na ang lahat sa kanila ay iniisip..

▣ **"ang nakakita sa akin ay nakakita sa Ama"** Ito ay isang GANAP NA HAYAG NA KATAGA at isang GANAP NA HAYAG NA PANDIWA na nangangaluhugan na "nakita at nagpapatunoy na makita." Si Hesus ay lubusang naghayag ng pagka-Diyos (cf. Colosas1:15; Hebreo 1:3).

**14:10** Ang tanong ni Hesus sa Griyego ay inaasahan ang isang "oo" na sagot. Tingnan ang Natatanging Paksa: "Manatili" sa mga sulat ni Juan sa I Juan 2:10.

▣ **"ka. . .inyo"** Ang unang "ka" ay PANG-ISAHAN, na tumutukoy kay Felipe. Ang pangalawang "inyo" ay PANGMARAMIHAN, na tumutukoy sa pangkat ng Apostol (cf. vv. 7, 10).

▣ **"ang mga salitang aking sinasabi sa inyo'y hindi ko sinasalita sa aking sarili"** Si Hesus ay kumikilos sa ngalan ng Ama sa lahat ng mga bagay (cf. v. 24; 5:19,30; 7:16-18; 8:28; 10:38; 12:49). Ang mga katuruan ni Hesus ay siyang salita ng Ama (cf. v.24)

▣ **"kundi ang Ama na tumatahan sa akin ay gumagawa ng kaniyang mga gawa"** Ang pagsasamang ito sa pagitan ng Ama at Anak (i.e., 7:14; 8:28; 10:38), na binigyang-diin sa panalanging pang-Punong Saserdote ng kabanata 17, ang naging batayan ng "pananatili" ng mga mananampalataya kay Kristo sa kabanata 15. Ang Ebanghelyo ni Juan ay naghahayag ng kaligtasana bilang (1) doktrinae; (2) pagsaama; (3) pagsunod; and (4) pagtitiis.

**14:11 "Magsisampalataya kayo sa akin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN HAYAG NA PAUTOS o isang PANGKASALUKUYANG HAYAG NA MAY PAHIWATIG (cf. 14:1).

Mayroong pagkakaiba sa kasulatan ng ilang mga mahahalagang pangsimulang parirala sa talatang ito. Ang ilang maagang Griyegong mga talata ($P^{66}$, $P^{75}$, א, D, L, and W) ay mayroong lamang na PANDIWANG "namampalataya" na sinusundan ng (*hoti*) "na," na nagpapahiwatig sila ay tatanggap ng katotohanan patungkol kay Hesus at ang pakikipag-isa sa Ama. Ang ibang sinauang mga talata (MSS A and B) ay nagdagdag na *DATIVE* "sa Akin," na nagpapakita na personal na pinatutungkulan na pananampalataya. Ang mga iskolar sa Griyego ng *United Bible Societies* ay naniniwalang na ang unang pagpipilian ang orihinal (cf. Bruce M. Metzger's *A Textual Commentary on the Greek New Testament*, na nagbigay sa pamimiliang na isang "B" na antas [halos tiyak], p. 244). Ang mga makabagong tagapagsalin ay pinanatili ang "sa akin" ngunit dinagdag ang "na" (na nagpapakita na ang nilalaman ay dapat sampalatayanan).

▣ **"ungdi kaya'y magsisampalataya kayo sa akin dahil sa mga gawa rin"** Sinasabi ni Hesus sa kanila na manampalataya sa Kanyang mga gawa (cf. Juan 5:36; 10:25,38). Ang Kanyang mga gawa ang tumupad ng mga propesiya sa OT. Ang Kanyang mga gawa ang naghahayag kung sino Siya talaga! Ang mga apostol, tulad nating lahat, ay kailangang lumago sa pananampalataya.

**14:12 "Truly, truly"** Tingnan ang tala sa 1:51.

▣ **"sumasampalataya. . . gagawin din naman niya"** Ang paniniwala ay hindi isang gawaing pangkaisipan lamang ngunit isang salitang inaangkupa ng gawa. Ang pariralang "lalong dakilang mga gawa kay sa rito ang gagawin niya" ay isang PANGHINAHARAP HAYAG NA MAY PAHIWATIG na maaaring maisalinng "siya ay gagawa pa ng lalong dakilang mga bagay." Ito ay maaaring tumukoy sa

1. ang heograpiyang nasasakupan (cf. Mateo 28:18-20)
2. ang misyon sa mga Hentil
3. ang Espiritu na nasa bawat mananampalataya
4. panalanging namamagitan ni Hesus (cf. Hebreo 7:25; 9:24)

See Natatanging Paksa: Panalangin, Walang Hangganan Habang May Hangganan sa I Juan 3:22, B. 2.

Ang huling pariralang "gagawin niya" ay napakahalaga sa biblikal na Kristiyanismo. Tulad ng pagsugo ng Ama sa Anak, gayundin ang Anak sa pagsugo sa kanyang mga alagad! Ang pagiging "kay Kristo," na mayroon "walang hanggang buhay," ay nangangahulugang masigasig na "Dakilang Komisyon" sa puso at isipan. Ang Kristiyanismo ay hindi isang doktrina o isang bagay na ating tatanggapin para sa isang maulang araw. Ito ay isang bagong pag-aangkop ng buhay, isang bagong pananaw sa mundo! Binabago nito ang lahat! Kailangan itong maging isang kinukusa, araw-araw, pangkahariang pag-aangkop, pag-aalay na

pamumuhay.

Kailangang makuhang mulin ng iglesiya

1. ang ministeryo ng mananampalataya
2. ang pagka-una ng Dakilang Komisyon
3. Pang-araw-araw na kusa, walang pag-iimbot na paglilingkod
4. pagiging kawangis ni Kristo ngayon!

**14:13-14 "Kung kayo'y magsisihingi ng anoman sa pangalan ko, ay yaon ang aking gagawin"** Pansining inaangkin ni Hesus na sasagutin Niya ang ating mga panalangin batay sa Kanyang katangian. Sa Gawa 7:59 si Stefano ay nanalangin kay Hesus. Sa II Corinto 12:8 si Pablo ay nanalangin kay Hesus. Sa 15:16 at 16:23 ang mga mananampalataya ay tumatawag sa Ama. Ang manalangin sa pangalan ni Hesus ay hindi mangangailangan ng isang salamangka, na sinasabi sa pagtatapos ng panalangin, ngunit ang pananalangin sa kalooban at katangian ni Hesus.

Ito ay isang mabuting halimbawa ng pangangailangan na sumangguni sa mga pagkakatulad na talata bago gumawa ng mga pahayag pangdoktrina sa mga biblikal na paksa. Ang isa ay kailangang timbangin "ang anumang hihingiin"

1. "sa Aking pangalan" (Juan 14:13-14; 15:7,16; 16:23)
2. "patuloy na humingi" (Mateo 7:7-8; Lucas 11:5-13; 18:1-8)
3. "dalawang sumasang-ayon" ( Mateo 18:19)
4. "nananampalataya" (Mateo 21:22)
5. "walang pagduruda" (Marcos 11:22-24; Santiago 1:6-7)
6. "hindi makasarili" (Santiago 4:2-3)
7. "ingatan ang Kanyang mga utos" (I Juan 3:22)
8. "sang-ayon sa kalooban ng Diyos" (Mateo 6:10; I Juan 5:14-15)

Ang pangalang ni Hesus ay kumakatawan sa kaniyang katangian. Ito ay isa pang paraang tumukoy sa isipan at puso ni Hesus. Ang pariralang ito ay kadalasang makikita sa Juan (cf. 14:13-14,26; 15:16; 16:23-26). Ang sinumang mas katulad ni Kristo, maaaaring mas sasagutin ng pagsang-ayon ang kanyang mga panalangin. Ang pinakamalalang bagay na gagawin ng Diyos sa espirtu sa karamihan ng mga mananampalataya ay sagutin ang kanilang makasarili, makamundong mga panalangin. Tingnan ang tala sa I Juan 3:22.

## NATATANGING PAKSA: MABISANG PANALANGIN

A. Nauugnay sa personal na pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos
    1. Nauugnay sa kalooban ng Ama
        a. Mateo 6:10
        b. I Juan 3:22
        c. I Juan 5:14-15
    2. Pananatili kay Hesus
        Juan 15:7
    3. Pananalangin sa pangalang ni Hesus
        a. Juan 14:13,14
        b. Juan 15:16
        c. Juan 16:23-24
    4. Pananalangin sa Espiritu
        a. Efeso 6:18
        b. Hudas 20
B. Nauugnay sa personal na layunin
    1. Hindi nag-aalinlangan
        a. Mateo 21:22
        b. Santiago 1:6-7
    2. Humihiling ng masama
        Santiago 4:3
    3. Humihiling ng makasarili
        Santiago 4:2-3
C. Nauugnay sa personal na pagpili
    1. Pagtitiis

a. Lucas 18:1-8

b. Colosas 4:2 c.
Santiago 5:16

2. Sigalot sa tahanan

I Pedro 3:7

3. Kasalanan

a. Awit 66:18

b. Isaias 59:1-2

c. Isaias 64:7

Ang lahat ng panalangin ay sinasagot, ngunit hindi lahat ng panalanging ay mabisa. Ang panalangin ay isang pangdalawahang pakikipag-ugnayan. Ang pinaka malalang bagay na maaaring gawin ng Diyos ay ibigay sa mga mananampalataya ang mga hindi naaangkopy na kahilingan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kumakalingang Panalangin Prayer sa Colosas 4:3. Tingnan ang Natatanging Paksa: Kumakalingang Panalangin sa I Juan 5:14. Balangkas sa www.freebiblecommentary.org.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANGALAN NG PANGINOON

Ito ay isang karaniwang parirala sa NT para sa personal na pagharap at masigasig na kapangyariha ng Trinidad na Diyos sa iglesiya. It ay hindi salamangka, ngunit isang pamamanhik sa katangian ng Diyos.

Kadalasang ang pariralang ito sa tumutukoy kay Hesus bilang Panginoon (cf. Filipos 2:11)

1. sa paghahayag ng pananampalataya kay Hesus sa bautismo (cf. Roma 10:9-13; Gawa 2:38; 8:12,16; 10:48; 19:5; 22:16; I Corinto 1:13,15; Santiago 2:7)
2. sa pagpapaalis ng demonyo (cf. Mateo 7:22; Marcos 9:38; Lucas 9:49; 10:17; Gawa 19:13)
3. sa pagpapagaling (cf. Gawa 3:6,16; 4:10; 9:34; Santiago 5:14)
4. sa pagkilos sa ministeryo (cf. Mateo 10:42; 18:5; Lucas 9:48)
5. sa oras nga pagdidisiplina sa iglesiya (cf. Mateo 18:15-20)
6. habang nangangaral sa mga Hentil (cf. Lucas 24:47; Gawa 9:15; 15:17; Roma 1:5)
7. sa panalangin (cf. Juan 14:13-14; 15:2,16; 16:23; I Corinto 1:2)
8. isang paraang tumutukoy sa Kristiyanismo (cf. Gawa 26:9; I Corinto 1:10; II Timoteo 2:19; Santiago 2:7; I Pedro 4:14)

Anumang gagawin natin bilang mga taga-pahayag, mga naglilingkod, mga tumutulong, mga manggagamot, mga nagpapaalis ng mga demonyo, atbp., ginagawa nating sa Kanyang katangian, Kanyang kapangyarihan, Kanyang mga paglalaan---sa Kanyang Pangalan!

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nangangahulugan ng maaaring pagkilos.

▣ **"kayo'y magsisihingi ng anoman"** Kadalasang ang mga mananampalataya ay hinihimok na manalangin sa Espiritu, sa pamamagitan ng Anak, sa Ama. Ang talatang ito ang nag-iisang talata sa Ebanghelyo ni Juan na kung saan si Hesus ay nagtuturong panalanging sa Kanyang sarili.

Ito ang maaaring kadahilanan kung bakit ang ilang sa mga sinaunang Griyegong kasulatan ay tinanggal ang "Ko" (i.e. MSS, A, D, L, ang ilang Matandang Latin, Vulgata, Coptic, Ethiopian, at Slavic na mga salin). Ang UBS[4] ay binigyan ng antas na "B" (halos tiyak) and pagsasama. Ito ay kasama sa MSS $P^{66}$, $P^{75}$, א, B, W, at ilang Matandang Latin, Vulgata, at mga saling Syrian.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:15-17

**[15]Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos. [16]At ako'y dadalangin sa Ama, at kayo'y bibigyan niya ng ibang Mangaaliw, upang siyang suma inyo magpakailan man, [17]Sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan: na hindi matatanggap ng sanglibutan; sapagka't hindi nito siya nakikita, ni nakikilala man siya: siya'y nakikilala ninyo; sapagka't siya'y tumatahan sa inyo, at sasa inyo.**

**14:15 "Kung ako'y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nagsasabi ng maaaring pagkilos. Ang pag-ibig sa Diyos kay Kristo ay inihahayag sa pamamagitan

ng pagsunod. “Tutuparin” ay isang PANGHINAHARAP NA HAYAG NA MAY PAHIWATIG na ginamit bilang isang PANGKASALUKUYAN PAUTOS (Friberg, *Analytical Greek New Testament*, p. 337). Ang pagsunod ay lubhang napakahalaga (cf. 8:51; 14:21,23-24; 15:10; I Juan 2:3-5; 3:22,24; 5:3; II Juan 6; Lucas 6:46). Ang mga talatang 21, 23, and 24 ay nagbibigay-diin din sa katulad na katotohanan. Ang pagsunod ay katunayan ng tunay na pagbabalik-loob (cf. Santiago and I Juan).

Ang NKJV ay mayroong PAUTOS na “tuparin ninyo ang aking mga utos,” na tinataguyod ng MSS A, D, W, ang Vulgata, at maraming ama sa iglesiya. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa PANGHINAHARAP HAYAG NA MAY PAHIWATIG ng “C” na antas (may kahirapan sa pagpapasiya), na itinataguyod ng MSS B, L, at salin sa Coptic, gayundin ang mga ama ng iglesiya.

**14:16 “kayo'y bibigyan niya”** Tingnan ang tala sa 14:26.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV, TEV** | **“ng ibang mang-aaliw”** |
| **NRSV** | **“ng ibang tagataguyod”** |
| **NJB** | **“ng ibang taga-tulong”** |

Ang salitang “iba” ay isinalin sa Griyegong salita (*allos*) na nangangahulugang “isa pa ng katulad na uri.” Ang Banal na Espiritu ay tinawag na “ang ibang Hesus” (G. Campbell Morgan, Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba).

Ang pangalawang salita ay ang Griyegong salitang “*paraklētos*” na ginamit ni Hesus sa I Juan 2:1 (bilang tagapamagitan) at ng Banal na Espiritu sa Juan 14:26 at 16:7-14. Ang kanyang etimolohiya ay “isang tinawag na kaagapay upang tumulong,” sa isang legal na kaisipan. Samakatuwid, ang salitang “Tagataguyod” ang wastong pagsalin ng salitang ito. Ang anyo ng katulad na Griyegong salitang-ugat, “taga-aliw” (*parakalēo*), ay ginamit sa Ama sa II Corinto 1:3-11.

Ang saling ng PANGNGALANG “tagataguyod” (*paraklētos*) ay nagmula sa sistemang legal ng Roma. Ang saling “Taga-aliw” ay unang ginamit ni Wycliffe at inilalarawan ang gamit ng PANDIWANG anyo (*parakaleō*) sa Septuagint (i.e., II Samuel 10:4; I Cronika 19:3; Job 16:2; Awit 69:20;Ecclesiastes 4:1; Isaias 35:4). Ito ay maaaring KASALUNGAT ni Satanas (ang tagaparatang).

Kapwa sina Philo at Josepho ay ginamit ang salita sa kaunawaan ng “tagapamagitan” o “tagataguyod.”

## NATATANGING PAKSA: SI HESUS AT ANG ESPIRITU

Mayroong pagkakatulad sa gawain ng Espiritu at ang Anak. Si G. Campbell Morgan ay sinabing ang pinakamahusay na pangalan ng para sa Espiritu ay “ang ibang Hesus” (samakatuwid, sila ay natatanging, walang hanggang persona). Ang sumusunod ay isang balangkas ng paghahambing ng gawa at mga titulo ng Anak at Espiritu.

1. Ang Espiritu ay tinawag na “Espiritu ni Hesus” o sa mga katulad na pahayag (cf. Roma 8:9; II Corinto 3:17; Galacia 4:6; I Pedro 1:11).
2. Kapwa tinawag sa katulad na mga salita
   a. “katotohanan”
      1) Hesus (Juan 14:6)
      2) Espiritu (Juan 14:17; 16:13)
   b. “tagataguyod”
      1) Hesus (I Juan 2:1)
      2) Espiritu (Juan 14:16,26; 15:26; 16:7)
   c. “Banal”
      1) Hesus (Marcos 1:24; Lucas 1:35; Gawa 3:14; 4:27, 30)
      2) Espiritu (Lucas 1:35; 4:34)
3. Kapwa namamalagi samga mananampalataya
   a. Hesus (Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; Roma 8:10; II Corinto 13:5; Galacia 2:20; Efeso 3:17; Colosas 1:27)
   b. Espiritu (Juan 14:16-17; Roma 8:9,11; I Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo 1:14)
   c. Ama (Juan 14:23; II Corinto 6:16)

▣ **“upang siyang suma inyo magpakailan man”** Tatlong magkakaibang mga panukala ang ginamit sa sanggunian sa Banal na Espiritu.

1. “*meta*” (v. 16), “kasama”
2. “*para*” (v. 17), “sa gilid”
3. “*en*” (v. 17), “sa loob”

Pansining ang Banal na Espiritu ay kasama natin, sa pamamagitan natin, at sumasa atin. Ang Kanyang gawain ay ipakita ang buhay ni Hesus sa mga mananampalataya. Siya ay mananatili kasama nila hangang sa katapusan ng panahon (cf. v. 18; Mateo

28:20).

Pansining ng Espiritu ay tinawag na "Siya." Ito ay nagpapahiwatig na ang Espiritu ay personal. Kadalasan sa KJV ang Espiritu ay tinatawag na "ito," ngunit ito ay dahil sa ang salitang "espiritu" sa Griyego ay WALANG KASARIAN (cf. Juan 14:17,26; 15:26). Siya ang pangatlong persona ng Trinidad (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 14:26). Ang salitang trinidad ay hindi isang biblikal na salita, ngunit kung si Hesus ay Diyos at ang Espiritu ay isang persona, ito ngayon ay kinapapalooban ng ilang uri ng pag-iisa ng tatlo. Ang Diyos ay isang banal na esenya ngunit tatlong palagiang personal na mga kapahayagan (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 14:26, cf. Mateo 3:16-17; 28:19; Gawa 2:33-34; Roma 8:9-10; I Corinto 12:4-6; II Corinto 1:21-22; 13:14; Efeso 1:3-14; 2:18; 4:4-6; Tito 3:4-6; I Pedro 1:2).

Para sa "magpakailan pa man" Tingnan ang Natatanging Paksa at 6:58.

**14:17 "ang espiritu ng katotohanan"** Ang "Katotohanan" dito ay may katulad na pahayag sa v. 6 (cf. 15:26; 16:13; I Juan 4:6). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Katotohanan sa 6:55 sa 17:3. Siya ang kasalungat ni Satanas, ang ama ng kasinungalingan (cf. 8:44).

▣ **"na"** "Ito" ay isang WALANG KASARIAN upang umayon sa salitang "espiritu" (*pneuma*). Subalit, kahit saan sa Griyego ang PANGLALAKING PANGHALIP ay ginamit (cf. vv. 26; 15:26; 16:7,8,13,14). Ang Banal na Espiritu ay hindi talaga lalaki or babae; Siya ay espiritu. Mahalagang maalala na Siya rin ay isang natatanging perona (Tingnan ang Natatanging Paksa sa 14:26).

▣ **"hindi matatanggap ng sanglibutan"** Ang Banal na Espiritu ay maaaring ilaan lamang sa mga mayroong pananampalataya kay in Kristo (cf. 1:10-12). Siya ang nagbibigay ng lahat ng pangangailangan ng mananampalataya (cf. Roma 8:1-11). Ang di-nananampalatayang mundo (*kosmos* Tingnan ang Natatanging Paksa below) ay makakaunawa o pahahalagahan ang mga espirituwal na bagay (cf. I Corinto 2:14; II Corinto 4:4).

## NATATANGING PAKSA: PAGGAMIT NI PABLO NG *KOSMOS* (SANGLIBUTAN)

Si Pablo ay gumagamit ng salitang *kosmos* sa maraming mga paraan.

1. lahat ng mga nilikhang kaayusan (cf. Roma 1:20; Efeso 1:4; I Corinto 3:22; 8:4,5)
2. itong mundo (cf. II Corinto 1:12; Efeso 1:10; Colosas 1:20; I Timoteo 1:15; 3:16; 6:7)
3. sangkatauhan (cf. I Corinto 1:27-28; 4:9,13; Roma 3:6,19; 11:15; II Corinto 5:19; Colosas 1:6)
4. mga taong nagsasaayos at nagsisikilos na hiwalay sa Diyos (cf. I Corinto 1:20-21; 2:12; 3:19; 11:32; Galacia 4:3; Efeso 2:2,12; Filipos 2:15; Colosas 2:8,20-24). Ito ay talagang katulad sa paggamit ni Juan's usage (i.e., I Juan 2:15-17)
5. ang pagkasalukuyang balangkas ng mundo (cf. I Corinto 7:29-31; Galacia 6:14, katulad ng Filipos 3:4-9, dito inilarawan ni Pablo ang mga balangkas pang-hudyo)

Sa ilang mga paraan ay nagsasama at ito ay mahirap uriin sa bawat paggamit. Ang salitang ito, katulad ng napakaraming kaisipan ni Pablo, ay kailangang mabigyan ng kahulugan sa pinakamalapit na konteksto at hindi sa isang kahulugang mula sa paunang pagtatakda. Ang talahulugan ni Pablo ay may pagkakatulad (cf. James Stewart's *A Man in Christ*). Hindi niya sinatangkang magbuo ng isang sistematikong teolohiya, ngunit upang ipahayag si Kristo. Siya ay nakakapagpago ng lahat ng bagay!

▣ **"nakikilala. . .nakikilala"** Ito marahil ay isa nanamang dalawahang pakahulugan ni Juan. Ang Hebreong kahulugan ay malapit, personal na pakikipag-ugnayan (cf. Gen. 4:1; Jer. 1:5). Ang Griyegong kahulugan ay karunungan. Ang ebanghelyo ay kapwa personal at kaalaman.

▣ **"siya'y tumatahan sa inyo"** Ang pagtahan ay isang susing kaisipan sa mga sulat ni Juan (i.e., kabanata 15, Tingnan ang Natatanging Paksa sa I Juan 2:10). Ang Ama ay tumatahan sa Anak, ang Espiritu tumatahan sa mga mananampalataya, at ang mga mananampalataya nananatili sa Anak. Ang pagtahan ay isang PANGKASALUKUYAN PAMANAHON, hindi isang hiwalay na pagpapasya o madamdaming pagtugon.

▣ **"at sasa inyo"** Ito ay maaaring maunawaan bilang "sa gitna ninyo" (PANGMARAMIHAN, cf. NRSV *footnote*) o "sa iyo" (PANGMARAMIHAN, cf. NASB, NKJV, NRSV, TEV & NJB). Ang panananahan ng mga mananampalataya sa pamamagitan ng Diyos ay isang kahanga-hangang pangako. Ang NT ay binibigyang-diin na ang lahat ng tatlong Persona ng Trinidad ay tumatahan sa mga mananampalataya.

1. Hesus (Mateo 28:20; Juan 14:20,23; 15:4-5; Roma 8:10; II Corinto 13:5; Galacia 2:20; Efeso 3:17; Colosas 1:27)
2. Espiritu (Juan 14:16-17; Roma 8:11; I Corinto 3:16; 6:19; II Timoteo1:14)
3. Ama (Juan 14:23; II Corinto 6:16)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:18-24

**[18]Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo. [19]Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng
sanglibutan; nguni't inyong makikita ako: sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo. [20]Sa araw na
yao'y makikilala ninyong ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo. [21]Ang mayroon ng aking mga
utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa akin: at ang umiibig sa akin ay iibigin ng aking Ama, at siya'y
iibigin ko, at ako'y magpapakahayag sa kaniya. [22]Si Hudas (hindi ang Iscariote) ay nagsabi sa kaniya, Panginoon, ano't
mangyayari na sa amin ka magpapakahayag, at hindi sa sanglibutan? [23]Sumagot si Hesus at sinabi sa kaniya, Kung ang
sinoman ay umiibig sa akin, ay kaniyang tutuparin ang aking salita: at siya'y iibigin ng aking Ama, at kami'y pasasa
kaniya, at siya'y gagawin naming aming tahanan. [24]Ang hindi umiibig sa akin ay hindi tumutupad ng aking mga salita: at
ang salitang inyong narinig ay hindi akin, kundi sa Amang nagsugo sa akin.**

**14:18 "Hindi ko kayo iiwang magisa: ako'y paririto sa inyo"** Si Hesus ay tinutupad ang bawat pangakong Kanyang ginawa sa mga alagad noong Linggo ng gabi pagkatapos ng Paskwa sa Kanyang unang pagpapakita sa itaas na silid pagkatos ang muling pagkabuhay (cf. 20:19-31). Ang ilang mga tagasuri, gayunman, ay nakita ang konteksto bilang pumapatungkol sa paparating na Espiritu sa Pentecost (Gawa 2) o ang Pangalawang Pagdating (cf. v. 3).

**14:19 "Kaunti pang panahon, at hindi na ako makikita ng sanglibutan; nguni't inyong makikita ako"** Ang talata 20 ay nagpapakita na ito ay tumutukoy sa pagpapakita ni Hesus pagkatapos ang Kaniyang muling. Ang pahayag na ito na nakuha ni Hudas sa v. 22 upang magtanong kay Hesus ng ibang tanong. Ang mga alagad ay umaasa pa rin sa Kanyang pagtatatag ng isang panlupang Kaharian ng Mesias (i.e., Mateo 20:20-28; Marcos 10:35-45) at sila nabalisa sa Kanyang sinabing, "hindi ako makikita ng sanglibutan." Ang sagot ni Hesus kay Hudas' (hindi Iscariote) sa tanong sa vv. 23 at 24 ay ihahayag Niya ang Kanyang sarili sa buhay ng mga indibidwal na Kristiyano at sa pamamagitan nito ay makita siya ng sanglibutan sa pamamagitan nila!

▣ **"sapagka't ako'y nabubuhay, ay mangabubuhay rin naman kayo"** Ang muling pagkabuhay ni Hesus ay pagpapakita ng Diyos ng Kanyang kapangyarihan at pagiging handa na ibigay ang buhay (cf. Roma 8:9-11; I Corinto 15:20-23,50-58).

**14:20 "Sa araw na yaon"** Ang pariralang ito ay kadalasang ginagamit sa isang *eschatological* na diwa (Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba), ngunit dito maaaring tumukoy sa pagpapakita ni Hesus pagkatapos ng muling pagkabuhay o ang pagparito sa kapuspusan ng Espiritu sa Pentecost.

## NATATANGING PAKSA: SA ARAW NA ITO

Ang pariralang ito, "sa loob ng araw na ito" o "sa araw na ito," ay isang paraan para sa mga ikawalong siglong propeta na magsalita sa pagdalaw ng Diyos (sa harapan), kapwa para s paghuhukom o pagpapanumbalik

| **Osea** | | **Amos** | | **Micah** | |
|---|---|---|---|---|---|
| positibo | negatibo | positibo | negatibo | positibo | negatibo |
| 1:11 | 1:5 | | 1:14(2) | | 2:4 |
| | 2:3 | | 2:16 | | 3:6 |
| 2:15 | | | 3:14 | 4:6 | |
| 2:16 | | | 5:18(2) | | 5:10 |
| 2:21 | | | 5:20 | | 7:4 |
| | 5:9 | | 6:3 | 7:11(2) | |
| | 7:5 | | 8:3 | 7:12 | |
| | 9:5 | | 8:9(2) | | |
| | 10:14 | | 8:10 | | |
| | | 9:11 | 8:13 | | |

Ang huwarang ito ay karaniwan sa mga propeta. Ang Diyos ay kikilos laban sa kasalanan sa takdang panahon, ngunit Siya rin ay nag-aalok ng isang araw ng pagsisisi at kapatawaran sa mga nagbago ng kanilang mga puso at mga pagkilos! Ang layunin ng Diyos sa pagtutubos at pagpapanumbalik ay maisasakatuparan! Siya ay magkakaroon ng mga tao na magpapakita ng Kanyang katangian. Ang layunin ng paglilikha (ang pagsasama sa pagitan ng Diyos at sangkatauhan) ay maisasakatuparan!

▣ **"makikilala ninyo"** Kadalasang ang "makikilala" ay may Hebreong kahulugan na personal sa pagsasama, malapit na pakikipag-ugnayan, ngunit dito, ito ay sinusundan ng "na" (*hoti*), na linilinaw ang nilalamang pangkaalaman. Ang salitang ito, tulad ng "manampalataya," ay mayroong dalawang kahulugan. Pinipili ni Juan ang ganitong mga uri ng salita upang maipahayag ang. Ang mga mananampalataya ay kilala Siya (nananampalataya sa Kanya), ngunit nalalaman din ang mga

katotohanan patungkol sa Kaniya (naniniwala na). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:23.

▣ **"ako'y nasa aking Ama, at kayo'y nasa akin, at ako'y nasa inyo"** Kadalasang binibigyang-diin ni Juan ang kaisahan ni Hesus at ang Ama (cf. 10:38; 14:10-11; 17:21-23). Siya ang nagdadagdag ng katotohana na kung saan ang Ama at si Hesus ay malapit na magkaugnay, gayundin naman, Si Hesus at ang Kanyang mga taga-sunod (cf. Juan 17)!

**14:21 "Ang mayroon ng aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon"** Ito ay dalawang PANGKASALUKUYAN MGA KATAGA. Ang pagsunod ay napakahalaga (Tingnan ang tala sa v. 15). Ito ang katunayan ng tunay na pagbabalik-loob (cf. v. 23).

Ang mga Apostol ay mga Hudyo at kadalasang gumagamit ng mga wikaing Semitiko sa kanilang mga sulat. Ang panalangin ng Hudyo na nagsisimula bawat oras ng panamban ay Deut. 6:4-5, na tinatawag na *shema*, na ang kahulugan ay "makinig upang maisagawa"! Ito ang punto ng puna ni Juan (cf. Santiago 2:14-26).

▣ **"at ako'y magpapakahayag sa kaniya"** Ito ay tumutukoy sa alinman sa dalawa (1) ang mga pagpapakita pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Gawa 10:40-41) o (2) ang pagpapadala ng Banal na Espiritu upang ihayag at itatag si Kristo sa mga mananampalataya (cf. v. 26; Roma 8:29; Galacia 4:19).

▣ Si Hesus ay naniniwala at nagbibigay-diin na Siya ang (1) kumatawan; (2) nagsalita para; at (3) naghayag sa Ama. Para sa mga mananampalataya ang may kapamahalaang salita na ipinahayag ni Hesus na tinala ng mga manunulat na Apostol ay ang tanging paggagalingan ng maliwanag na kaalaman patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ang mga mananampalataya ay nagpapatunay ang kapamahalaan ni Hesus at Banal na Kasulatan (tamang interpretasyo) ang pangunahing awtoridad; katuwiran, karanasan, at tradisyon ay makakatulong, ngunit hindi pangunahin.

Mayroong pagkakatulad sa pagitan ng gawain ng Espiritu at ng Anak. Si G. Campbell Morgan ang nagsabing ang pinakamahusay na pangalan para sa Espiritu ay "ang ibang Hesus." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 14:16.

**14:22** Tingnan ang tala sa talata 19.

▣ **"Hudas (hindi Iscariote)"** Ito ang ibang pangalan ni Thaddaeus (cf. Mateo 10:3; Marcos 3:18). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 1:45.

**14:23 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nagpapahayag ng maaaring pagkilos. Ang pag-ibig ng mga alagad para kay Hesus ay makikita sa kanilang pag-ibig sa kapwa (cf. vv. 15,21).

**14:24 "inyo"** Ang *exegetical* na tanong ay "Para kaninong 'inyo' ang tinutukoy?" Sa barirala, ang PANGHALIP ay nasa PANDIWANG, "narinig" (PANGKASALUKUYAN HAYAG MAY PAHIWATIG, PANGALAWANG PANAUHANG PANGMARAMIHAN). Ito ay maaaring pumatungkol sa

1. mga tao sa sanglibutan na tinanggihan ang mensahe ni Hesus
2. mga alagad sa kanilang pagtanggap sa salita ni Hesus bilang tunay na salita ng Ama (cf. vv. 10-11)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 14:25-31

**[25]Ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, samantalang ako'y tumatahang kasama pa ninyo. [26]Datapuwa't ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Banal na Espiritu, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi. [27]Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo: hindi gaya ng ibinibigay ng sanglibutan, ang ibinibigay ko sa inyo. Huwag magulumihanan ang inyong puso, ni matakot man. [28]Narinig ninyo kung paanong sinabi ko sa inyo, Papanaw ako, at paririto ako sa inyo. Kung ako'y inyong iniibig, kayo'y mangagagalak, dahil sa ako'y pasasa Ama: sapagka't ang Ama ay lalong dakila kay sa akin. [29]At ngayon ay sinabi ko sa inyo bago mangyari, upang, kung ito'y mangyari, ay magsisampalataya kayo. [30]Hindi na ako magsasalita pa ng marami sa inyo, sapagka't dumarating ang prinsipe ng sanglibutan: at siya'y walang anoman sa akin; [31]Datapuwa't upang maalaman ng sanglibutan na ako'y umiibig sa Ama, at ayon sa kautusang ibinigay sa akin ng Ama, ay gayon din ang aking ginagawa. Magsitindig kayo, at magsialis tayo rito.**

**14:25 "Ang mga bagay na ito"** Ito tumutukoy sa mga turo sa itaas na silid (kabanata 13-17, ngunit ito ay inihanay na may katiyakan sa vv. 15:11; 16:1,4,6,25,33).

**14:26 "ang Banal na Espiritu"** Ito ang titulo para sa ikatlong persona ng Trinidad na matatagpuan lamang sa 1:33; 20:22, at dio sa Juan (Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Siyang Banal sa I Juan 2:20). Ngunit, Siya ay tinatawag sa maraming ibang mga pangalan sa Ebanghelyo ni Juan (taga-agapay, Espiritu ng Katotohanan, ang Espiritu).

Maraming mga talata sa NT sa tumutukoy sa Espiritu sa personal na mga salita (cf. Marcos 3:29; Lucas 12:12; Juan 14:26;

15:26; 16:7-15, Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba). Maraming ibang talata na WALANG KASARIAN PANGHALIP ang ginamit sa Espiritu dahil ang Griyegong salita para sa espiritu (*pneuma*) ay WALANG KASARIAN (cf. 14:17; Roma 8:26).

Gayundin, sa puntong ito, isang salita patungkol sa konsepto ng isang Trinidad. Ang salitang "trinidad" ay hindi biblikal na salita, ngunit sa maraming mga talata, ang tatlong personal na mga kapahayagan ng isang tunay na Diyos ay makikitang magkakasama (Tingnan ang Natatanging Paksa sa ibaba). Kung si Hesus ay Diyos at ang Espiritu ay personal, sa teolohiya ay bilang naniniwala sa iisang Diyos (*monotheists*) (cf. Deut. 6:4-6), tayo ay mapipilitan sa tatlong may kaisahan (*tri-unity*)—hindi nagpapatuloy na mga kapahayagan, ngunit mga walang hanggang persona!

## NATATANGING PAKSA: ANG TRINIDAD

Pansinin na ang mga pagkilos ng lahat ng tatlong mga Persona ng Trinidad sa nagkakaisang mga onteksto. Ang salitang "trinidad," na unang ginamit ni Tertullian, ay hindi isang biblikal na salita, ngunit ang kaisipan ay is malaganap.

A. ang mga Ebanghelyo
   1. Mateo 3:16-17; 28:19 (at mga katulad)
   2. Juan 14:26

B. Gawa – Gawa 2:32-33, 38-39

C. Pablo
   1. Roma 1:4-5; 5:1,5; 8:1-4,8-10
   2. I Corinto 2:8-10; 12:4-6
   3. II Corinto 1:21-22; 13:14
   4. Galacia 4:4-6
   5. Efeso 1:3-14,17; 2:18; 3:14-17; 4:4-6
   6. I Thesolonica 1:2-5
   7. II Thesolonica 2:13
   8. Tito 3:4-6

D. Pedro – I Pedro 1:2

E. Hudas – vv. 20-21

Ang pagkamarami (*plurality*) ng Diyos ay ipinahiwatig sa OT.

A. Gamit ng PANGMARAMIHAN para sa Diyos
   1. Ang pangalang *Elohim* ay PANGMARAMIHAN, ngunit kung ginamit sa Diyos palaging may PANG-ISAHAN PANDIWA
   2. "Tayo" sa Genesis 1:26-27; 3:22; 11:7

B. Ang Anghel ng Panginoon ay isang nakikitang kinatawan ng pagka-Diyos
   1. Genesis 16:7-13; 22:11-15; 31:11,13; 48:15-16
   2. Exodo 3:2,4; 13:21; 14:19
   3. Hukom 2:1; 6:22-23; 13:3-22
   4. Zacarias 3:1-2

C. Ang Diyos at ang Kanyang Espiritu ay magkahiwalay, Gen. 1:1-2; Awit 104:30; Isaias 63:9-11; Ezekiel 37:13-14

D. Ang Diyos (YHWH) at ang Mesias (*Adon*) ay magkahiwalay, Awit 45:6-7; 110:1; Zacarias 2:8-11; 10:9-12

E. Ang Mesias at ang Espiritu ay magkahiwalay, Zacarias 12:10

F. Lahat ng tatlo ay nabanggit sa Isaias 48:16; 61:1

Ang pagka-Diyos ni Hesus at ang persona ng Espiritu ay nagdulot ng mga suliranin para sa mahigpit, *monotheistic*, naunang mga mananampalataya.

1. Tertullian –mababa ang Anak sa Ama
2. Origen – mababa ang esensyang pagka-Diyos ng Anak at ng Espiritu
3. Arius – itinanggi ang pagka-Diyos ng Anak at Espiritu
4. Monarchianismo – naniniawala sa isang sunod-sunod na pagpapahayag ng isang Diyos bilang Ama, Anak, pagkatapos ay Espiritu

Ang trinidad ay isang paglagong pangkasaysayan na pagbabalangkas ng mga biblikal na mga kagamitan

1. ang buong pagka-Diyos ni Hesus, na katumbas ng sa Ama, ay pinagtibay noongA.D. 325 ng Konseho ng Nicea
2. ang buong persona at pagka-Diyos ng Espiritu na katumbas ng Ama at Anak ay pinagtibay ng Konseho ng Constantinople (A.D. 381)
3. ang doktrina ng trinidad ay lubusang naipahayag sa gawa ni Augustino, *De Trinitate*

May tunay na hiwaga dito. Ngunit ang NT ay tila nagpapatibay sa isang diwa ng Diyos na may tatlong personal na

pagpapahayag.

▣ **"na susuguin ng Ama"** Mayroong isang napakalaking pag-aaway sa naunang iglesiya (ika-apat na siglo) patungkol kung ang Espiritu ay nanggaling sa Ama (cf. Juan 3:34; 14:16; 16:26) o galing sa Anak (cf. Juan 15:26; 16:7; Lucas 24:49; Gawa 2:33). Ang isyung teolohikal sa pagtatalo nina Arius – Athanasio ang ang buo at walang hanggang pagka-Diyos at pagkakapantay-pantay pagitang ng Diyos na Ama at si Hesus na Anak.

▣ **"siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay"** Kailangan itong magkaroon ng katakdaan. Ang Espiritu ay hindi nagtuturo sa mga mananampalataya sa lahat ng lugar na kaalaman, ngunit tungkol sa espirituwal na katotohanan, lalo na sa may kaugnayan sa persona at gawain ni Hesus, ang ebanghelyo (cf. 16:13-14; I Juan 2:20,27).

## NATATANGING PAKSA: ANG PERSONA NG ESPIRITU

Sa OT "ang Espiritu ng Diyos" (i.e., *ruach*) ay isang pwersa na tinutupad ang layunin ni YHWH, ngunit walang pahiwatig na ito ay personal (i.e., OT *monotheism*). Subalit, sa NT ang buong sariling katangina at persona ng Espiritu ay nakatala.

1. Siya ay maaaring pamumusungin (cf. Mateo 12:31; Marcos 3:29)
2. Siya ay nagtuturo (cf. Lucas 12:12; Juan 14:26)
3. Siya ay nagpapatotoo (cf. Juan 15:26)
4. Siya ay nanunumbat, naggagabay (cf. Juan 16:7-15)
5. Siya ay tinawag na "sino" (i.e., *hos*, cf. Efeso 1:14)
6. Siya ay maaaring pamamanglawin (cf. Efeso 4:30)
7. Siya ay maaaring di-pagningasin (cf. I Thesolonica 5:19)

Ang mga talatang Trinidad ay nagpapahayag din ng tatlong persona.

1. Mateo 28:19
2. II Corinto 13:14
3. I Pedro 1:2

Ang Espiritu ay inuugnay sa mga gawain ng mga tao.

1. Gawa 15:28
2. Roma 8:26
3. I Corinto 12:11
4. Efeso 4:30

Sa pinaka panimula ng Gawa, binibigyan-diin ang gawain ng Espiritu. Ang Pentecost ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunit isang bagong kabanata. Palaging na kay Jesus and Espiritu. Ang Kanyang bautismo ay hindi ang pagsisimula ng gawain ng Espiritu, ngunit isang kabanata. Si Lucas ay inihanda ang iglesiya para sa isang bagong kabanata para mabisang gawain. Patuloy na si Hesus pinagtutuunan, Patuloy na ang Espiritu ang mabisang paraan at sa Ama, ang pag-ibig, kapatawarn at pagpapanumbalik ng lahat ng tao na linikha sa kanyang wangis ang layunin!

▣ **"magpapaalaala ng lahat na sa inyo'y aking sinabi"** Ang mga layunin ng Espiritu ay

1. upang manumbat sa mga tao ng kasalanan
2. upang dalhin sila kay Kristo
3. upang bautismuhan sila kay Kristo
4. upang itatag si Kristo sa kanila (cf. 16:7-15)
5. upang tulungan ang mga Aposotl na maalala ang lahat ng bagay na sinabi ni Hesus sa kanila at bigyang-linaw ang kanilang kahulugan para maitala nila ito sa Banal na Kasulatan (cf. 2:22; 15:26; 16:13)

Si Hesus mismo ang nagturo sa mga Apostol pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay, lalong-lalo na kung paanong ang mga paksa sa OT ay nagtuturo sa Kanya at tinupad sa Kanya (cf. Lucas 24:13ff).

**14:27 "Ang kapayapaan ay iniiwan ko sa inyo; ang aking kapayapaan ay ibinibigay ko sa inyo"** Ang kapayapaan ng mga mananampalataya ay walang kaugnayan sa mga pangyayari, ngunit sa isang katahimikang batay sa mga pangako, presensya ni Hesus (cf. 16:33; Filipos 4:7; Colosas 3:15).

"Kapayapaan" ay ginamit sa kapwa isang tiyak na diwa, ang pagpapanumbalik ng Diyos, at isang di-tiyak na diwa, isang damdamin ng katiwasayan o katatagan sa gitna ng mga napakahirap na mga pangyayari. Inilalarawan nito ang isang pang-Hudyong pagbati na, *Shalom*, na nangangahulugang kawalan ng suliranin at ang pagkakaroon ng kaluguran (cf. 20:19,21,26; III Juan

14; Efeso 2:14; Bilang 6:26; Awit 29:11; Isaias 9:6). It ang itinatangi sa bagong panahon!

## NATATANGING PAKSA: ANG KRISTIYANO AT KAPAYAPAAN

Ang Griyegong salita na sa orihinal ay nangangahulugang "sama-samang pagbibigkis ng mga nasira." May tatlong paraan ang NT ay nagpapahayag ng kapayapaan:

1. bilang tiyak (*objective)* na aspeto ng ating kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. Colosas 1:20)
2. bilang di-tiyak (*subjective*) na aspeto ng ating pagiging tama sa Diyos (cf. Juan 14:27; 16:33; Filipos 4:7)
3. na ang Diyos ay pinag-isa sa iisang bagong katawan, sa pamamagitan ni Kristo, kapwa ang mga mananampalatayang Hudyo at Hentil (cf. Efeso 2:14-17; Colosas 3:15).

Sina Newman at Nida sa, *A Translator's Handbook on Pauls's Letter to the Romans*, p. 92, ay may isang mabuting puna tungkol sa "kapayapaan." "Kapwa sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan ang salitang kapayapaan ay may malawak na hanay ng kahulugan. Inilalarawan nito ang buong pagkatao ng isang buhay ng tao; ito ngayon ay ginagamit sa mga Hudyo bilang pormula ng pagbati. Ang salitang ito ay mayroong malawak na kahulugan na ito rin ay maaaring gamiting ng mga Hudyo bilang isang paglalarawan ng pagliligtas ng Mesias. Dahil dito, mayroong marming mga pagkakataon na ito ay halos kasingkahulugan ng salitang ibinigay 'na magkaroon ng tamang relasyon sa Diyos.' Dito ang salita ay lumilitaw nag gagamitin bilang isang paglalarawan ng matiwasay na pakikipang-ugnayan na itinatag sa pagitan ng tao at Diyos batay sa Diyos na naglagay ng mga tao sa Kanyang sarili a" (p. 92).

▣ **"iiwan"** Si Grant Osborne sa *The Hermeneutical Spiral* (p. 21) ay gumawa ng isang napakahusay na puna tungkol sa pagiging una ng konteksto ng pag-aalam ng kahulugan ng salita.

> "**The Logical Context**
>
> Sa isang ganap na totoong kaisipan, ang kontekstong lohikal ay ang pinaka pangunahing sangkap sa interpretasyon. Sinasabi ko sa aking klase na kung sinuman ay kalahating pagkakatulog at hindi narinig ang isang tanong na aking tinanong, mayroong limampung bahagdan na pagkakataon na magiging tama kung siya ay sasagot sa 'konteksto.' Ang salita mismo ay sumasaklaw sa malawak na impluwensiya sa talata. Ito ay maaaring pinakamahusay na maibalangkas bilang sunod-sunod na magkakatulad na mga bilog ang gumagalaw palabas mula sa mismong talata.
>
> Sa ating paggalaw papalapit sa gitna, ang impluwensiya sa kahulugan ng talata ay tumataas. Ang *Genre*, halimbawa, ang nagtatakda ng uri ng panitikan at tumutulong sa tagapag-salin na makilala ang mga magkakatulad, ngunit hindi ito ganoon ka-impluwensiyal tulad ng ibang bahagi ng Banal na Kasulatan na nasa talata. Maaari natin, halimbawa, makilala na ang Aklat ng Pahayag bilang *apocalyptic*; kahit na ang mga panggitnang aklat (intertestamental) at Helenistikong *apocalyptic* na naglaan ng mga mahahalagang pagkakatulad, karamihan sa mga sagisag ay kinuha mula sa Lumang Tipan. Sa kabilang dako ng sukatan, ang pinakamalapit na konteksto ay magsisilbing tagahatol para sa lahat ng pagpapasiya patungkol sa kahulugan ng isang salita o kaisipan. Walang garantiya na si Pablo ay gumagamit ng isang salita sa katulad na paraan sa Filipos 1 at sa Filipos 2. Ang wika ay tiyak na hindi gagana sa ganoong paraan, dahil sa bawat salita, maraming mga kahulugan at ang paggamit ng manunulat ay nakabatay sa pangkasalukuang konteksto higit sa kanyang paggamit nito sa nakaraang konteksto. Isang mabuting halimbawa ay ang paggamit ng *aphiemi* sa Juan 14:27, "Kapayapaan ang *iniiwan* ko sa inyo," at sa 16:28, "muling *iniiwan* ko ang sanglibutan." Mahirap nating ma-interpret ang isa't-isa, dahil ang kanilang paggamit sa kabaliktaran. Sa una, si Hesus ay nagbibigay ng ilang bagay sa mga alagad, sa pangalawa, kinuha niya ang isang bagay (kanyang sarili!) palayo sa kanila. Kahit na kaunti, maaari nating basahin itong salita sa kanyang karaniwang gamit (tulad ng sa I Juan 1:9) para sa "pagpapatawad." Ang ibang mga talata ay makakatulong sa atin na malaman ang hangganang semantiko (ang iba't-ibang bagay na maaaring maging kahulugan ng salita), ngunit ang pinakamalapit na konteksto ang magpapaliit ng possibilidad sa tunay na kahulugan" (p. 21).

▣ **"Huwag magulumihanan ang inyong puso"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG DI HAYAG NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang "ihinto ang pagkilos na nagpapatuloy," isang pag-ulit sa v. 1.

**14:28 "Kung ako'y inyong iniibig"** Ito ay isang PANGALAWANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP, tulad ng v. 7, na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Magiging mas mabuti na si Hesus ay pupunta sa Ama at ipapadala ang Espiritu, ngunit may katiyakan, na hindi nila ito naunawaan hanggang sa mga oras na ito.

▣ **"sapagka't ang Ama ay lalong dakila kay sa akin"** Ito ay hindi isang pahayag na tumutuon sa pagiging hindi pagkakapantay ng Anak, ngunit isang pahayag na tumatalakay sa mga gawain sa loob ng Trinidad na may kaugnayan sa kaligtasan ng sangkatauhan (cf. 10:29-30). Ang pagiging mababa ng Anak ay para sa isang yugto ng panahon lamang, sa kanyang pananatili sa mundo upang tuparin ang plano ng pagpapahayag at pagtubos ng Trinidad na Diyos (cf. 17:4-5; Filipos 2:6-11). Subalit, may isang kaisipan na ang Ama, bilang tagapagdala, ay pangunahin (cf. 13:16; I Corinto 15:27-28; Efeso 1:3-14).

**14:29 “At ngayon ay sinabi ko sa inyo bago mangyari”** Ito ay dapat matupad upang ang kanilang pananampalataya ay mapatatag (cf. 13:19; 16:4).

**14:30**
**NASB "ang prinsipe ng sanglibutan"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV "ang pinuno ng sanglibutan"**
**NJB "ang prinsipe ng mundo"**

Ito ay tumutukoy kay Satanas, na ang nasasakupang mga pagkilos ngayon ay sa mundo (cf. 12:31; 16:11; II Corinto 4:4, “ang diyos ng mundong ito”; Efeso 2:2, “ang principe ng kapangyarihan ng hangin”). Marahil, nakita ni Hesus ang paglisan ni Hudas habang pumapasok sa Satanas (cf. 13:27). Tingnan ang Natatanging Paksa sa 12:31.

▣
**NASB, NKJV "siya'y walang anoman sa akin"**
**NRSV, TEV,**
**NJB "siya ay hindi makakapangyari laban sa akin"**

Ang kahulugan ay si Satanas ay walang batayan sa pagpaparatang, walang kapangyarihan, o walang katulad kay Hesus sa lahat (cf. Hebreo 4:15).

1. James Moffatt ay sinalin ito bilang “siya ay walang tangan sa akin”
2. William F. Beck bilang “wala siyang maaangkin sa akin”
3. New English Bible bilang “wala siyang karapatan laban sa akin”
4. ang Twentieth Century New Testament bilang “walang mapagtutularan sa akin”

**14:31 “Datapuwa't upang maalaman ng sanglibutan”** Si Satanas ay nasa kalooban ng Diyos ay siya ay pinakikilos para sa sukdulang layunin ng Diyos sa pagtubos ng sangkatauhan. Tingnan sa A. B. Davidson, *The Theology of the Old Testament*, pp. 300-306.

▣ **“yon sa kautusang ibinigay sa akin ng Ama, ay gayon din ang aking ginagawa”** Ito ay kalooban ng Ama na si Hesus ay mamatay (cf. Isaias 53:10a,b; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Tingnan sa Natatanging Paksa: Paggamit ng “Kautusan” sa mga sulat ni Juan sa 12:50.

▣ **“Magsitindig kayo, at magsialis tayo rito”** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG PAUTOS. Ito ay isang napaka-hirap na parirala dahil ito ay makikita sa Mateo at Marcos sa Hardin ng Getsemani habang si Hudas at ang pulutong ng mga pulis ay papalapit kay Hesus. Hindi tiyak ang dahilan kung bakit ito ginamit sa konteksto ng itaas ng silid (mga kabanata 13-17). Marahil, Si Heesus ay umalis na sa itaas na silid at nagtuturo sa daan sa kanilang pagpunta sa Getsemani (cf. 18:1).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ipaliwanag ang pagkakaiba sa pagitan ng Teismo, Deismo at Kristiyanismo batay sa talata 1.
2. Ipaliwanag ang kaligiran ng OT sa tatlong pangngalan na matatagpuan sa talata 6.
3. Maaari bang magtatag ng isang teolohiya sa panalangin sa talata 13 lamang?
4. Ano ang pangunahing layunin ng Banal na Espiritu? (kapwa sa napahamag at sa naligtas)
5. Si Satanas ba ay nasa kalooban ng Diyos?

# JUAN 15

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus ang Tunay na Puno ng Ubas<br>15:1-10 | Ang Tunay na Puno ng Ubas<br>15:1-8 | Ang Parisan ng Buhay Kristyanong Mananampalataya<br>15:1-11 | Si Hesus ang Tunay na Puno ng Ubas<br>15:1-4 | Ang Tunay na Puno ng Ubas<br>15:1-17 |
| | Pag-ibig at Kagalakang Pinaganap<br>15:9-17 | | 15:5-10 | |
| 15:11-17 | | | 15:11-17 | |
| | | 15:12-17 | | |
| Ang Pagkamuhi ng Mundo | Ang Pagkamuhi ng Mundo | | Ang Pagkamuhi ng Mundo | Ang mga Disipulo at ang Mundo<br>15:18-16:4a |
| 15:18-25 | 15:18-25 | 15:18-25 | 15:18-25 | |
| 15:26-16:4a | Ang Padating na na Pagtatakwil<br>15:26-16:4 | 15:26-27 | 15:26-16:4a | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

### MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG JUAN 15:1-27

A. Ito ay isang kahanga-hanga at nakaliligalig na sipi! Ito ay nagbibigay sa mga mananampalataya ng higit na lakas at pag-asa sa pag-ibig ng Diyos at pangako ng pagiging epektibo, ngunit ito rin ay may kasamang mga babala! Ang mga Teolohikal na tradisyon ay napakahirap na talakayin sa lugar na ito; hayaan ninyo akong banggitin ang akong paboritong komentarista na si, F. F. Bruce sa kanyang aklat na *Answers to Questions*.

> "Sa Juan 15:4,6. 'Ang ang ibig sabihin ng mga ekspresyon na "maliban na kayo ay manatili" at "kung ang tao ay hindi manatili" sa Juan 15:4,6? Posible ba na hindi manatili kay Kristo?' Ang mga siping kagaya nito ay hindi mahirap sa kanilang sarili; ang kahirapan ay lumalabas kapag sinusubukan natin sila at ang ibang mga kasulatan ay makiayon sa ating teolohiya, sa halip na gamitin sila bilang basehan n gating teolohiya. Sa simulat-simula pa lang nan gang ating Panginoon ay nagsasalita mayroong nakasisilaw na halimbawa ng isang tao na nabigong manatili sa Kanyan—si Hudas Iscariote, na nang-iwan sa kanila. Si Hudas ay pinili

bilang isa sa kanyang kasamahan (Lucas 6:13; Juan 6:70); ang kanilang asosasyon sa kanilang Panginoon ay hindi nagdadala sa kanila ng mga pribilehiyo na hindi patas at bukas sa bawat isa. Ang simpleng mga sipi ng Kasulatan na nagtuturo ng pangwakas na pagtitiis ng mga banal ay hindi dapat gamiting dahilan para sa malambot na pagpepedal sa magkakapantay na simpleng mga sipi na nagsasabi ng panganib ng apostasya" (pp. 71-72).

B. Nakakabigla kung gaano karaming mga AORIST PANAHUNAN ang ginamit sa kontekstong ito kung saan ang isa ay maaring umaasang Teolohikal ng PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ang AORISTS ay waring ginamit sa pakahulugang nagbubuod ng lahat sa isang buhay at tinitignan ito sa kabuuan.
C. Ang talataang pagkakabahagi ng kabanata 15 ay hindi tiyak. Ang Juan, gaya ng I Juan, ay tapiserya ng magkakaibang mga kulay. Ang tularan ay lumitaw ng paulit-ulit.
D. Ang salitang "manatili" (*menō*) ay ginamit sa NT ng mahigit 112 na beses. Apatnapu sa mga ito ay lumitaw sa Ebanghelyo ni Juan at 26 sa kanyang mga sulat. Ito ang pangunahing teolohikong na salita para sa Juan. Bagamat ang kabanata 15 ay klasikong ekspresyon ng mandato ni Hesus na tayo ay manatili sa Kanya, ang salitang ito ay may mas malawak na pokus sa Juan.
   1. ang Kautusan ay nananatili magpakailanman (Mateo 5:17-18) gayundin, ang Kristo (12:34)
   2. ang aklat ng Mga Hebreo ay nagtuturo patungo sa bagong mga kaparaanan ng kapahayagan, hindi sa pamamagitan ng tagapaglingkod ngunit sa pamamagitan ng nananatiling Anak (Hebreo 1:1-3, gayundin sa Juan 8:35)
   3. Si Hesus ay nagsabi na magtutustos ng pagkain na nananatili (6:27) at gagawa ng bunga na nananatili (15:16). Parehong sa mga metaporang ito ay nagpapahayag ng kaparehong katotohanan, ang ating pangangailan kay Kristo ay pareho: (1) nagpapasimula at (2) nagpapatuloy (cf. 6:53)
   4. Si Juan na Tagabautismo ay nakita ang Espiritu na bumaba at nananatili kay Hesus sa Kanyang Bautismo (1:32)
E. Tignan Natatanging Paksa: Pananatili sa I Juan 2:10.
F. Sa mga talatang 11-16 ang mga alagad ay pinangakuan ng kagalakan ni Hesus, habang sa mga talatang 17-27 ang mga alagad ay pinangakuan ng persekusyon ni Hesus. Ang konteksto ng persekusyon ay tumatakbo sa 16:4a. Gayunpaman, sa pamamagitan ng lahat ng ito ang mga mananampalataya ay dapat na magmahalan sa bawat isa gaya ng pagmamahal Niya sa kanila!

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 15:1-11

**1Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang aking Ama ang magsasaka. 2Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis niya: at ang bawa't sanga na nagbubunga ay nililinis niya, upang lalong magbunga. 3Kayo'y malilinis na sa pamamagitan ng salita na sa inyo'y aking sinalita. 4Kayo'y manatili sa akin, at ako'y sa inyo. Gaya ng sanga na di makapagbunga sa kaniyang sarili maliban na nakakabit sa puno; gayon din naman kayo, maliban na kayo'y manatili sa akin. 5Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga: Ang nananatili sa akin, at ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami: sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa. 6Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga, at matutuyo; at mga titipunin at mga ihahagis sa apoy, at mangasusunog. 7Kung kayo'y magsipanatili sa akin, at ang mga salita ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo. 8Sa ganito'y lumuluwalhati ang aking Ama, na kayo'y magsipagbunga ng marami; at gayon kayo'y magiging aking mga alagad. 9Kung paanong inibig ako ng Ama, ay gayon din naman iniibig ko kayo: magsipanatili kayo sa aking pagibig. 10Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa aking pagibig; gaya ng aking pagtupad sa mga utos ng aking Ama, at ako'y nananatili sa kaniyang pagibig. 11Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasa inyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos.**

**15:1 "Ako ang tunay na puno ng ubas"** Ito ang isa sa mga tanyag ni Hesus na "Ako ang" na mga pahayag sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 4:26; 6:35; 8:12; 10:7,9,10,11,14;11:25; 14:6). Sa OT ang halaman ng ubas ay simbolo ng Israel (Awit 80:8-16; Isaias 5:1-7; Jeremias 2:21; Ezekiel 15; 19:10; Osea 10:1; Mateo 21:33ff; Marcos 12:1-12, Roma 11:17ff). Sa OT ang mga halimbawang ito ay mayroong laging negatibong kontotasyon. Si Hesus ay naninindigan na Siya ang Ulirang Israelita (cf. Isaias 53). Sa paggamit ni Pablo ng katawan ni Kristo, ang babaeng ikakasal kay Kristo, at gusali ng Diyos bilang mga metapora para sa iglesya, gayundin si Juan na ginamit ang puno ng ubas. Ito ay nagpapahiwatig na ang iglesya ay ang tunay na Israel sa kanyang ugnayan kay Hesus, ang tunay na puno ng ubas, (cf. Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6). Tignan Natatanging Paksa sa 6:55 at 17:3. Tignan puna sa 8:12. Ang ilang mga interpreter ay nagsasaysay na ang talakayan sa itaas na silid ay nagtatapos sa 14:31, "umalis tayo mula rito." Kung magkagayon, samakatuwid, ang mga kabanata 15-17 ay itinuro habang naglalakad sa patungo sa Gethsemane. Muli, kung magkagayon, samakatuwid possible na ang "puno ng ubas" na imahe ay isang nakikitang tanda na kinuha mula sa ginintuang mga puno ng ubas na nasa templong gusali habang si Hesus at ang labing-isa at naglalakad sa hukuman nito ng gabing iyon.

▣ **"at ang Aking Ama ang magsasaka"** Muli si Hesus ay naninindigan ng Kanyang matalik na pakikipagugnayan sa Ama at kasabay ng Kanyang pagpapailalim sa kalooban ng kanyang Ama.

**15:2 "Ang bawa't sanga na sa akin ay hindi nagbubunga, ay inaalis Niya. . . na nagbubunga"** Ang PANGKASALUKUYAN BALINTIYAK NA PANDIWARI ay lumitaw ng dalawang beses sa talatang ito. Ang pagkakaroon ng bunga, hindi pagsisibol, ang katunayan ng kaligtasan (cf. Mateo 7:16,20; 13:18ff; 21:18-22; Lucas 6:43-45). Ang konteksto ay nagpapahiwatig na si Hesus ay nagsasalita ng (1) pagtataksil ni Judas (cf. vv. 6; 13:10; 17:12) o (2) huwad na alagad (cf.2:23-25; 8:30-47; I Juan 2:19; II Pedro 2). Mayroong mga antas ng paniniwala sa Juan.

▣ **"nililinis Niya"** Ito ay literal na "nililinis." Ang salita ay ginamit ni Philo para sa pagpuputol ng halaman ng mga ubas (BDBD 386). Ito ay matatagpuan lamang dito sa NT. Ito ang isa na naming salita na ginamit ni Juan para sa dalawahang konotasyon (i.e., pagpuputol at paglilinis, cf. v. 3; 13:10). Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang pagdurusa ay may layuning sa buhay ng mga mananampalataya (cf. vv. 17-22). Ito ay nagpapalaki ng labis sa pagkakaroon ng bunga, nalalantad ng mga huwad, at nagpapanatili sa kanila na dumipende sa Diyos (cf. Mateo 13:20-23; Roma 8:17; I Pedro 4:12-16). Para sa dalawang mabuting praktikal na mga aklat sa napakihirap na paksang ito tignan (1) *Principles of Spiritual Growth* ni Miles Stanford at (2) *The Christian's Secret of a Happy Life* ni Hannah Whithall Smith.

Ito ay possible sapagkat sa nagkakaisang konteksto ng mga kabanata 13-17 upang iugnay ang paglilinis na ito pabalik sa paghuhugas ng paa sa kabanata 13. Sila ay napaliguan na(naligats), ngunit ang kanilang mga paa ay kinakailangang hugasan(patuloy na kapatawarans). Ang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN PANDIWA ay tumatalakay sa mga alagad sa I Juan 1:9 na waring pinatotohanan. Hindi lamang ang pagsunod ang kinakailangan para sa "pananatili," ngunit ang nagpapatuloy na pagsisi!

Ang layunin ng pagdurusa sa buhay ng mananampalataya ay mayroong ilang mga aspeto.

1. malinang ang pagiging wangis ni Kristo (cf. Hebreo 5:8)
2. pansamantalang kaparusahan sa kasalanan
3. simpleng buhay sa makasalanang mundo

Laging napakahirap na makilala ang layunin ng Diyos, ngunit ang #1 ay laging maaaring resulta.

**15:3 "Kayo'y malilinis na"** Ang salitang "pagpuputol" (*kathairō*) sa v. 2 ay ang kaparehong Griyegong ugat "malinis" (*katharos*). Ang buong kontekstong ito ay nagtataglay ng mga ebidensta ng tunay na pagdidisipulo. Ang salitang "narito na" ay binigyan diin sa Griyegong teksto na nagbibigay sa natitiriang labing-isang alagad ng kompiyansa sa kanilang siguradong posisyon kay Kristo (kumpara sa kaparehong ugat na ginamit para kay Hudas Iscariot sa 13:10).

▣ **"sa pamamagitan ng salita na sa inyo'y aking sinalita"** (cf. 17:17; Efeso 5:26; I Pedro 1:23).

**15:4**

| | |
|---|---|
| **NASB, NKJV** | **"Manatili sa Akin, at Ako sa inyo"** |
| **NRSV** | **"Manatili sa Akin, gaya ng pananatili Ko sa inyo"** |
| **TEV** | **"Manatiling kaisa sa Akin, at Ako ay mananatili kaisa sa inyo"** |
| **NJB** | **"Manatili sa Akin, gaya ng Ako sa inyo"** |

Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS NA PANGMARAMIHAN (cf. Juan 6:56; I Juan 2:6). Ang gramatikal na katanungan ay kung ang ikalawang parirala ay isang paglalarawan o pagpapakumpara. Mara,ing beses sa siping ito na teolohikong dokrina na pagbibigay diin sa pagtitiis ng tunay na mga banal ang binibigyan halaga (cf. vv. 4,5,6,7,9,10,14; Marcos 13:13; I Corinto 15:2; Galacia 6:9; Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7, tignan Natatanging Paksa sa 8:31). Ang tunay na kaligtasan ay parehong pagpapasimula at nagpapatuloy na pagtugon. Ang teolohikong na katotohanan ay madalas na di pinapansin sa ating pagiging masigasig para sa personal na katiyakan ng kaligtasan. Ang Biblikal na katiyakan o kariguraduhan ay nakadugtong sa

1. pagtitiis sa pananampalataya
2. isang pamumuhay ng pagsisisi
3. nagpapatuloy na pagsunod (cf. Santiago and I Juan)
4. pumumunga (cf. Mateo 13:23)

Tignan Natatanging Paksa sa "Pananatili" sa I Juan 2:10.

▣ **"sanga na di makapagbunga"** Ito ay nagpapakita sa banal na probisyon. Para sa "Bunga" tignan puna sa v. 5.

▣ **"maliban na nakakabit. . . maliban na kayo'y manatili"** Ang mga ito ay IKATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na nangangahuluagn ng potensyal na pagkilos. An gating espritwal na pagkiling ay nakadugtong sa ating nagpapapatuloy na pakikipagugnayan kay Hesus.

**15:5 "Ang nananatili sa Akin, at Ako'y sa kaniya, ay siyang nagbubunga ng marami"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na sinusundan ng PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang nagpapatuloy na pakikisama (i.e., personal na pananampalatayang ugnayan) ay pinagmumulan ng nagpapatuloy na bunga. Ang bunga ay maaring tumutukoy sa saloobin ng mga mananampalataya gayundin ang mga pagkilos (cf. Mateo 7:15-23; Galacia 5:22-23; I Corinto 13). Ang mga

mananampalataya ay pinangakuan ng epektibo, nagtatagal na bunga kung sila ay mananatili (cf. v. 16).

▣ **"sapagka't kung kayo'y hiwalay sa akin ay wala kayong magagawa"** Ito ay isang malaks na DALAWAHANG SALUNGAT. Ito ay negatibong pahayag ng positibong katotohanan ng v. 5 sa Filipos 4:13.

**15:6 "Kung ang sinoman ay hindi manatili sa akin, ay siya'y matatapong katulad ng sanga"** Ito ay isang IKATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI. Ang kahoy ng ubas ay walang gamit para sa anumang pantahanang layunin (panggatong) sapagkat ito ay napakabilis na masunog at napakainit (cf. Ezekiel 15). Ito ay waring pantukoy kay Hudas at maaaring sa Israel. Kung hindi, ito ay dapat na tumukoy sa huwad na pananampalataya (cf. Mateo 13:41-42,50; at I Juan 2:19). Ito ay tiyak na ekastolohikal na imahe! Magkakaroon ng isang "araw ng pagtitipon" at isang "araw ng pagsusunog." Kung paano tayo namumuhay ay nagpapahayag ng pinagmulan ng ating mga buhay (i.e., ang Diyos o si Satanas). Sa pamamagitan ng bunga makilala sila (cf. Mateo 7; Galacia 6:7).

▣ **"apoy"** Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: APOY

Ang apoy ay mayroong parehong positibo at negatibo mga konotasyon sa Kasulatan.

A. Positibo
1. nagpapainit (cf. Isaias 44:15; Juan 18:18)
2. nagbibigay liwanag (cf. Isaias 50:11; Mateo 25:1-13)
3. nakakaluto (cf. Exodo 12:8; Isaias 44:15-16; Juan 21:9)
4. nagpapadalisay (cf. Bilang 31:22-23; Kawikaan 17:3; Isaias 1:25; 6:6-8; Jeremias 6:29; Malakias 3:2-3)
5. kabanalan (cf. Genesis 15:17; Exodo 3:2; 19:18; Ezekiel 1:27; Hebreo 12
6. pangunguna ng Diyos (cf. Exodo 13:21; Bilang 14:14; I Hari 18:24)
7. pagpapalakas ng Diyos (cf. Mga Gawa 2:3)
8. Proteksyon (cf. Zacarias 2:5)

B. Negatibo
1. nagsusunog (cf. Joshua 6:24; 8:8; 11:11; Mateo 22:7)
2. sumisira (cf. Genesis 19:24; Levitico 10:1-2)
3. galit (cf. Bilang 21:28; Isaias 10:16; Zacarias 12:6)
4. kaparusahan (cf. Genesis 38:24; Levitico 20:14; 21:9; Joshua 7:15)
5. huwad na eskatolohikal na tanda (cf. Pahayag 13:13)

C. Ang galit ng Diyos laban sa kasalanan ay ipinapakita sa apoy na mga metapora
1. Ang Kanyang galit ay nakakasunog (cf. Osea 8:5; Zepanias 3:8)
2. Siya ay nagbubuhos ng apoy (cf. Nahum 1:6)
3. walang hanggang apoy (cf. Jeremias 15:14; 17:4)
4. eskatolohikal na paghahatol (cf. Mateo 3:10; 13:40; Juan 15:6; II Thesalonica 1:7; II Pedro 3:7-10; Pahayag 8:7; 16:8)

D. Gaya ng maraming mga metapora sa Bibliya (i.e., lebadura, leon) ang apoy ay maaring pagpapala p isang sumpa depende sa konteksto.

**15:7 "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang mga salita Ko'y magsipanatili sa inyo"** Ito ay isang IKATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng isang potensyal na pagkilos. Ang panalangin ay hindi autamatikong sinasagot! Si Hesus ay nappapalit-palit ng mga metapora mula sa Kanyang sarili nananatili sa mga alagad at Kanyang mga salita na nananatili. Si Hesus ay nagpapahayag sa Ama, at, gayundin din, ang Kanyang mga katuruan. Sila ay mapaghahalinhinang mga pinagmumulang ng kapahayagan. Ang ebanghelyo ay parehong personal at isang mensahe.

▣ **"hingin ninyo ang anomang inyong ibigin, at gagawin sa inyo."** Ito ay AORIST PANGGITNANG PAUTOS (cf. v. 16). Ang pariralang ito ay lubhang naging pruwebang-teksto. Maging maingat na hanapin ang katuruan ng lahat ng Kasulatan at huwag bigyan diin ang nakahiwalay na mga teksto (cf. tala sa 14:13). Tignan Natatanging Paksa: Panalangin, Walang Limitasyon subalit Limitado sa I Juan 3:22.

**15:8 "lumuluwalhati ang aking Ama,"** Ang pagiging wangis na pamumuhay ng mga mananampalataya ay nagbibigay lugod sa Diyos at nagpapatunay na sila ay tunay na mga alagad. Sa Juan 13:31-32; 14:13; 17:4; at Mateo 9:8; 15:31 ang Ama ay naluwalhati sa gawa ng Anak at ngayon ang mga gawa ng mga mananampalataya (cf. Mateo 5:16). Tignan puna sa 1:14.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"upang mapatunayan na kayoa ay Aking mga alagad"** |
| **NKJV** | **"upang kayo ay Aking maging mga alagad"** |
| **NRSV, TEV** | **"maging aking mga alagad"** |
| **NJB** | **"aking maging mga alagad"** |
| **REB** | **"upang maging aking mga alagad"** |
| **NIV, Goodspeed** | **"nagpapakita ng inyong mga sarili na kayo ay Aking mga alagad"** |
| **NET Bible** | **"ipakita ninyo na kayo ay aking mga alagad"** |
| **JB** | **"magkagayon kayo ay aking magiging mga alagad"** |

Ang mga kaibahan ay dahil sa PANAHUNAN na pag-iiba iba sa PANDIWA.

1. AORIST PASAKALI, MSS P[66], B, D, L
2. PANGHINAHARAP NA MAY PAHIWATIG, MSS א, A

Ang buhay (bunga) ng mga mananampalataya ay nagpapakita kung sino sila! Ang PANDIWA PANAHUNAN ay hindi kasinghalaga ng sa realidad ng isang binago at epektibong buhay ng pag-ibig, pagsunod, at paglilingkod. Ang mga ito ay mga marka ng isang tunay na mananampalataya! Tayo ay hindi naligtas n gating pag-ibig, pagsnod, at paglilingkod (cf. Efeso 2:8,9), ngunit sila at mga katunayan na tayo ay mga mananampalataya (cf. Efeso 2:10).

Ang salitang "mga alagad" ay ginamit sa Ebanghelyo ni Juan upang kilalanin yaong mga tunay na mananampalataya at tagasunod na gumagawa ng kalooban ng Diyos at nagpapakita ng Kanyang katangian. Si Juan ay hindi gumagamit ng salita "iglesya" (*ekklēsia*) kahit isang beses, samaktuwid, "ang mga alagad" ang naging daan sa kanyang pagpapalila sa Kristyanong pakikisama at mga pagtitipon. Ang pagdidisipulo ay pang-araw araw na buhay ng bagong panahon na isinapamuhay sa lumang panahon. Ito ay sukdulang kinakikitaan ng pag-ibig, liwanag, pagsunod,at paglilingkod! Sa pamamagitan ng mga ito ang iba ay makikilala sila na mga alagad ni Hesus.

**15:9 "Kung paanong inibig Ako ng Ama, ay gayon din naman iniibig Ko kayo"** Ang tanikalang ito ng nagmamahalang ugnayan ay katangi-tangi sa pamilya ng Diyos; ang Ama ay umiibig sa Anak, ang Anak ay umiibig sa Kanyang mga tagasunodd, ang Kanyang mga tagasunod ay nag-iibigan sa bawat isa.

▣ **"magsipanatili kayo sa Aking pagibig"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Ang mga mananampalataya ay inutusan na manatili sa

1. panalangin (v. 7; 14:14)
2. pagsunod (v.10, 14, 17, 20; 14:15,21,23,24)
3. kagalakan (v. 11)
4. pag-ibig (v. 12; 14:21,23,24)

Ang lahat ng mga ito ay katunayan ng isang personal na ugnayan sa Diyos. Tignan Natatanging Paksa: Pananatili sa I Juan 2:10.

**15:10 "Kung tinutupad ninyo ang aking mga utos"** Ito ay isang IKATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na nangangahulugan ng potensyal na pagkilos. Ang pagsunod ay katunayan ng tunay na pagdidisipulo (cf. 8:31; 14:15-21, 23-24; Lucas 6:46). Si Hesus ay gumagamit ng halimbawa ng Kanyang katapatan sa Ama.

▣ **"pagibig"** Ang Griyegong salita para sa apg-ibig (*agapē*) ay hindi ginamit ng lubusan sa Klasikal o Koineng Griyego literatura hanggang sa ang iglesya ay nagsimulang gamitin ito sa isang natatanging pakahulugan. Ito ay nagsimulang ginamit bilang di-makasarili, sakripisyal, tapat, aktibong pag-ibig. Ang pag-ibig ay isang pagkilos, hindo emosyon (cf.3:16). Ang NT na salitang *agapē* ay Teolohikal na analogo sa OT na salitang *hesed*, na ibig sabihin ay tipanang pag-ibig at katapatan.

▣ **"gaya ng Aking pagtupad sa mga utos ng Aking Ama"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Habang nakikipag-ugnayan si Hesus sa Ama, ang mga mananampalataya ay dapat na makipag-ugnayan sa Kanya. Mayroong pagkakaisa sa pagitan ng Ama at Anak na ninanais na muling magawa sa pagitan ng mga mananampalatayas (cf. 14:23).

**15:11 "upang ang inyong kagalakan ay malubos"** Ang mga mananampalataya ay dapat magkaroon ng kagalakan ni Hesus (cf. 17:13). Ang kagalakan ay isa na naman katunayan ng tunay na pagdidisipulo (cf. 15:11 [dalawang beses]; 16:20,21,22,24; 17:13). Sa mundong ito mayroong mga sakit ang krisis; kay Kristo mayroong kagalakan, lubos na kagalakan, Kanyang kagalakan.

Ang NIDOTTE, vol. 1, p. 741, ay may mabuting komento sa kung paano ang "kagalakan" at "lubos" ay ginamit ng magkasama sa mga kasulatan ni Juan. "Sa Juan at sa mga Juan na mga sulat mayroong madalas na koneksyon sa pagitan ng → kagalakan (*chara*) bilang pasa at ang vb. *plēroō* sa talata, na mapuno. Ang kagalakang ito ay ang kagalakan ni Hesus (Juan 15:11; 17:13) na kanyang dinadala sa pamamagitan ng kanyang pagdating (3:29), ang kanyang mga salita (15:11; 17:13), at kanyang pagbabalik (16:22) sa kanyang mga alagad (15:11; 17:13). Ito ay nagpapalot sa kalungkutan na nagpupuno sa kanilang mga puso (16:16, 20). Kaya ang kagalakan ni Kristo

ang kanilang naging kagalakan (15:11; 16:24; cf. I Juan 1:4). Ang kagalakang ito ay kinakikitaan sa buhay ng mga alagad sa kanilang paglakad kasama si Hesus; ito ay naging kompleto (Juan 3:29; 15:11; 16:24; 17:13; I Juan 1:4; 2 Juan 12). Ang talata ay nagguguhit sa katotohanan na ang Diyos ang nagkokompleto sa kagalakang ito."

## TALATA SA NASB (BINAGO): 15:12-17

**[12]"Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo. [13]Walang may lalong dakilang pagibig kay sa rito, na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan. [14]Kayo'y aking mga kaibigan, kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo. [15]Hindi ko na kayo tatawaging mga alipin; sapagka't hindi nalalaman ng alipin kung ano ang ginagawa ng kaniyang panginoon: nguni't tinatawag ko kayong mga kaibigan; sapagka't ang lahat ng mga bagay na narinig ko sa aking Ama ay mga ipinakilala ko sa inyo. [16]Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko, at aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga: upang ang anomang inyong hingin sa Ama sa aking pangalan, ay maibigay niya sa inyo. [17]Ang mga bagay na ito ay iniuutos ko sa inyo, upang kayo'y mangagibigan sa isa't isa."**

**15:12 "Ito ang Aking utos"** Si Hesus ay inuulit-ulit ang temang ito ng madalas (cf. 13:34; 15:17; I Juan 3:11,23; 4:7-8, 11-12, 19-21; II Juan 5).

▣ **"na kayo'y mangagibigan sa isa't isa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, nagpapatuloy na utos. Ang pag-ibig ay bunga ng Espiritu (cf. Galacia 5:22). Ang pag-ibig ay hindi damdamin, ngunit isang pagkilos. Ito ay ipinaliwanag sa praktikal na mga salita (cf. Galacia 5:22-23; I Corinto 13).

▣ **"na gaya ng pagibig Ko sa inyo"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay maaaring isang matalinghagang pantukoy sa krus (cf. v. 13). Muli, ito ay natatanging uri ni Hesus ng sariling pagbibigay na pag-ibig na ang mga mananampalataya ay dapat ipakita (cf. II Corinto 5:14-15; Galacia 2:20; I Juan 3:16).

**15:13 "na ibigay ng isang tao ang kaniyang buhay dahil sa kaniyang mga kaibigan"** Ito ay tumutukoy sa kumakatawan, naghahaliling pambayad-puring kamatayan ni Hesus (cf. 10:11,15,17,18; Marcos 10:45; Roma 5:7-8; II Corinto 5:21; Isaias 53). Ito ang pag-ibig na nasa pagkilos! Ito ang pagkakatawag sa mga alagad sa kung ano ang dapat nilang gawin (cf. I Juan 3:16).

**15:14 "Kayo'y aking mga kaibigan"** Ito ang Griyego PANGNGALAN *philos*, na madalas na isinasama sa pakikipag-kaibigang pag-ibig (*phileō*). Sa Koineng Griyego "*agapaō* " at "*phileō* " ay madalas na magkasingkahulugang mga PANDIWA para sa banal na pag-ibig (ikumpara 11:3 [*phileō*] at 5 [*agapaō*]); *phileō* ay ginamit rin sa pag-ibig ng Diyos sa 5:20.

▣ **"kung gawin ninyo ang mga bagay na aking iniuutos sa inyo"** Ito ay isang IKATLONG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ibig sabihin ay potensyal na pagkilos. Ito ay nagbibigay ng kondisyon para sa pakikipagkaibigan, na pagsunod(cf. 14:15, 23-24; 15:10; Lucas 6:46). Hanggat si Hesus ay nananatili sa Ama at namamalagi sa Kantang pag-ibig, gayundinm,dapat ang Kanyang mga alagad!

**15:15** Si Hesus ay nagbibigay kaalaman sa mga alagad sa (1) mga katotohanan patungkol sa Diyos at (2) sa mga panghinaharap na mga pangyayari. Nagpapatotohanan Siya ng Kanyang kapangyarihan ng sa gayon ang mga alagad ay lumago sa pananampalataya at pagtitiwala. S i Hesus ay nakibahagi sa Kanyang mga alagad ng anumang Kanyang narinig mula sa Ama (cf. 3:32; 8:26,40; 12:49; 15:15); dapat nilang ang mga ito sa iba (cf. Mateo 28:20).

**15:16 "Ako'y hindi ninyo hinirang, nguni't kayo'y hinirang ko"** Mayroon ilang mga susing gramatikal na mga bagay.

1. parehong mga PANDIWA ay AORIST PANGGITNANG MAY PAHIWATIG — si Hesus, ang Kanyang sarili,, minsan na lamang na pinili sila (cf. 6:70; 13:18; 15:16,19)
2. ang malakas na "*alla*" (ngunit) KASALUNGAT
3. ang mariin "*ego*" o "Ako" na pahayag

Narito ang balance sa pagitan ng pantaong pagtugon at eleksyon. Parehong mga biblikal na katuruan. Ang Diyos ang laging nagpapasimula (cf. 6:44,65;15:16,19), ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon (cf. 1:12; 3:16; 15:4,7,9). Ang pakikitungo ng Diyos sa sangakatuhan ay laging sa tipanang pakikipagugnayan ("kung . .kung gayon"). Tignan Natatanging Paksa sa 3:16.

Ang PANDIWA "hinirang" sa konteksto ito ay tumutukoy sa Labindalawa. Ang salitang "hinirang" ay may konotasyon ng "hinirang para sa paglilingkod" sa OT at tanging sa NT ang idinagdag na konsepto ng "hinirang para kaligtasan" dumating ang semantic na saklaw. Ang mga NT mananampalataya ay hinirang para sa pagiging wangis ni Kristo na paglilingkod, hindi makasarili,a t sakripisyo para sa Kaharian ng Diyos, ang katawan ni Kristo, ang pangkalahatang kabutihan. Ito ay malinaw na demonstrasyon na ang pagiging makasarili ng Pagbagsak ay naputol na.

Ito ay katangi-tangi sa Juan na kung anu ang sinasabi ni Hesus na may kinalaman sa Labindalawa ay may implikasyon at aplikasyon sa lahat ng mga mananampalataya. Sila ay kumakatawan sa unang mga bunga pagdidisipulo, ngunit ang

kanilang ugnayan ay

1. naiiba sa testimonya ng mga saksi (i.e., inspirasyon)
2. nababagay sa lahat ng mga mananampalataya na ang kalooban ni Hesus para sa kanila ay Kanyang kalooban para sa lahat ng maniniwala at susunod

▣ **"at Aking kayong inihalal, upang kayo'y magsiyaon at magsipagbunga, at upang manatili ang inyong bunga"** Ang mga ito ang tatlong PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI: (1) humayo; (2) magsipagbunga; at (3) manitili ang mga bunga (manatili). Ang mga mananampalataya ay nasa misyon (cf. Mateo 28:19-20; Lucas 24:46-47; Mga Gawa 1:8). Ang teolohikong na aspeto ng salitang "inihalal" ay makikita sa Mga Gawa 20:28; I Corinto 12:28; II Timoteo 1:11. Ito rin ay ginamit sa kamatayan ni Kristo sa ngalan ng mga mananampalataya (cf. 10:11,15,17-18; 15:13).

▣ **"sa Aking pangalan"** Ang mga mananampalataya magpakita ng mga katangian ni Hesus. Ang pariralang ito ay kasingkahulugan sa "ang kalooban ng Diyos" sa I Juan 5:14. Ang pag-ibig at sinagot na panalangin ay magkadugtong dito at sa 14:13-15. See Natatanging Paksa: Ang Pangalan ng Panginoon sa Juan 14:13-14.

**15:17 "Ang mga bagay na ito ay iniuutos ko sa inyo, upang kayo'y mangagibigan sa isa't isa"** Tignan puna sa talata 12. Ang sinagot na panalangin ay kadugtong ng pag-ibig at misyon!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 15:18-25

**[18]"Kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan, ay inyong talastas na ako muna ang kinapootan bago kayo.**
**[19]Kung kayo'y taga sanglibutan, ay iibigin ng sanglibutan ang kaniyang sarili: nguni't sapagka't kayo'y hindi taga**
**sanglibutan, kundi kayo'y hinirang ko sa sanglibutan, kaya napopoot sa inyo ang sanglibutan. [20]Alalahanin ninyo ang**
**salitang sa inyo'y aking sinabi, Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon. Kung ako'y kanilang pinagusig,**
**kayo man ay kanilang paguusigin din; kung tinupad nila ang aking salita, ang inyo man ay tutuparin din. [21]Datapuwa't**
**ang lahat ng mga bagay na ito ay gagawin nila sa inyo dahil sa aking pangalan, sapagka't hindi nila nakikilala ang sa**
**akin ay nagsugo. [22] Kung hindi sana ako naparito at nagsalita sa kanila, ay hindi sila magkakaroon ng kasalanan:**
**datapuwa't ngayo'y wala na silang madadahilan sa kanilang kasalanan. [23]Ang napopoot sa akin ay napopoot din naman**
**sa aking Ama. [24]Kung ako sana'y hindi gumawa sa gitna nila ng mga gawang hindi ginawa ng sinomang iba, ay hindi**
**sana sila nangagkaroon ng kasalanan: datapuwa't ngayon ay kanilang nangakita at kinapootan nila ako at ang aking**
**Ama. [25]Nguni't nangyari ito, upang matupad ang salitang nasusulat sa kanilang kautusan, 'Ako'y kinapootan nila na**
**walang kadahilanan.'"**

**15:18 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING KODISYONAL NA PANGUNGUSAP, na nagpapalagay na totoo mula sa perspektibo ng may-akda o para sa kanyang literaturang layunin. Ang mundo, isang makasalanang pantaong sistema, ay namumuhi sa mga tagasunod ni Hesus.

▣ **"sanglibutan"** Si Juan ay gumagamit ng salitang ito sa ilang mga kaparaanan: (1) ang planeta, bilang metapora para sa lahat ng sangkatauhan (cf. 3:16) at (2) bilang pantaong lipunan na inorganisa at gumagawa ng hiwalay sa Diyos (cf. 10:8; I Juan 2:15-17). Tignan Natatanging Paksa sa 14:17.

▣ **"kayo'y kinapopootan"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG; ang mundo ay patuloy na namumuhi (cf. v. 20).

▣ **"inyong talastas"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang kaalaman ng mga mananampalataya sa mga katotohanan sa NT ay makakatulong sa kanila na harapin ang persekusyon ng makasalanang mundo.

▣ **"na Ako muna ang kinapootan bago kayo"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang PANGHALIP "Ako" ay mariin (cf. 7:7). Ito ay nagpapakita ng pagtutol ng mundo sa Diyos, Kanyang Mesya, at Kanyang mga tao (cf. 17:14; I Juan 3:13).

Ang mga mananampalataya ay kaiisa sa pag-ibig ni Kristo at kaisa sa persekusyon kay Kristo (cf. Roma 8:17; II Corinto 1:5,7; Filipos 3:10; I Pedro 4:13). Ang pagpapakilanlan kay Kristo ay nagdadala ng kapayapaan, kagalakan, at persekusyon, maging kamatayan!

**15:19 "Kung"** Ito ay IKALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na tinawag na "salungat sa katotohanan." Ito ay dapat na isinalin sa "kung kayo ay nasa mundo, na hindi naman, magkagayon ang mundo ay dapat iibigin kayo, subalit hindi naman.

**15:20"Alalahanin"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS , gaya ng v. 18, o ang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG, maaaring isang tanong (LB).

▣ **"Ang alipin ay hindi dakila kay sa kaniyang panginoon"** Kung ikukumpara ang talatang ito sa 13:16, magiging kapuna-

puna na si Hesus ay gumamit ng malasalawikaing mga pananalita sa ibat ibang mga paraan.

▣ **"Kung Ako'y kanilang pinagusig. . . kung tinupad nila ang Aking salita"** Ang dalawang mga ito ay UNANG URING KODISYONAL NA PANGUNGUSAP na ipinapalagay na totoo mula sa perpektibo ng may-akda. Ang salitang "pinag-uusig" ay nangangahulgang hulihin ang mabangis na hayop. Ang persekusyon ay karaniwan sa mga tagasunod ni Kristo sa makasalanang mundo (Mateo 5:10-12; Juan 16:1-3; 17:14; Mga Gawa 14:22; Roma 5:3-4; 8:17; II Corinto 4:16-18; 6:3-10; 11:23-30; Filipos 1:29; I Thesalonica 3:3; II Timoteo 3:12; Santiago 1:2-4; I Pedro 4:12-6).

Gayunpaman, pansinin na bagamat ilan ay magtatakwil sa mga salita ng mga Apostol at uusig sa kanila, mayroong iba na makikinig at tutugon! Sila sa kanilang sarili at patunay sa realidad na ito!

**15:21 "sapagka't hindi nila nakikilala ang sa Akin ay nagsugo"** Ito ay halatang tumutukoy sa Ama. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga Hudyo na gaya ng mga Hentil ay hindi nakakakilala sa Diyos. "Nakikilala" ay ginamit sa kanyang Semitic (OT) na pakahulugan sa personal na ugnayan (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Ang naligaw na mundo ay inuusig ang mga mananampalataya sapagkat (1) sila ay kabilang kay Hesus, na siya rin naman inuusig at (2) hindi nila kilala ang Diyos!

**15:22 "Kung hindi sana ako naparito"** Ito ay isa na naman IKALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI, na ibig sabihin ay "salungat sa katotohanan." Ito ay dapat na naisalin sa "Kung hindi sana ako naparito at nakipag-usap sa kanila, na Aking ginawa, magkagayon hindi sila magkakasala, na kanilang ginawa." Ang responsibilidad ay may kaugnayan sa kaalaman (tignan Natatanging Paksa: Ang Walang Kapatawarang Kasalanan sa 5:21). Sa kontekstong ito ang walang bungang mga sanga (i.e., si Hudas at mga Hudyo) ay mayroong labis na pagkakataon para sa kaalaman, mas higit kaysa doon sa mayroon lamang mga natural na kapahayagan (i.e., mga Hentil, cf. Awit 19:1-6; Roma 1:18-20 or 2:14-15).

**15:23** Ang patuloy na pagtutol kay Hesus ay patuloy na pagtutol sa Diyos (cf. v. 24).

**15:24 "Kung"** Ito ay isa na namang IKALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ibig sabihin ay "salungat sa katotohan." Ito ay dapat na naisalin sa "Kung hindi Ko natapos ang mga gawa kasama nila na wala ni isa ang gumawa (ngunit Aking ginawa), magkagayon hindi sana sila nagkasala, na kanilang nagawa." Ang kaliwanagan ay nagdadala ng responsibilidad (cf. 1:5; 8:12; 12:35,46; I Juan 1:5; 2:8,9,11; Mateo 6:23).

▣ **"datapuwa't ngayon ay kanilang nangakita at kinapootan nila Ako at ang Aking Ama"** Ang mga ito ay parehong GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagpapakita ng maayos na saloobin. Ang itakwil si Hesus ay ang itakwil ang Ama (cf. I Juan 5:9-13).

**15:25** Nakakabigla na ang salita "Kautusan" o "Torah" ay ginamit upang ilarawan ang isang sipi mula sa Awit 35:19; 69:4. Madalas ang salita ay ginamit sa mga kasulatan ni Moses, Genesis hanggang sa Deuteronomio. Ang misteryo ng makaHudyong pagtatakwil kay Hesus sa harap ng kapansin pansing kapahayagan ay isang katangian ng tahasang hindi paniniwala 6:9-13; Jeremias 5:21; Roma :9-18).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 15:26-27

**[26]"Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na aking susuguin sa inyo mula sa Ama, sa makatuwid baga'y ang Espiritu ng katotohanan, na nagbubuhat sa Ama, ay siyang magpapatotoo sa akin: [27]At kayo naman ay magpapatotoo, sapagka't kayo'y nangakasama ko buhat pa nang una."**

**15:26 ""Datapuwa't pagparito ng Mangaaliw, na Aking susuguin sa inyo"** Parehong ang Ama at Anak ang nagpadala sa Espiritu (cf. 14:16, 26; 15:26;16:7). Ang gawa ng pagtutubos ay nagsasangkot sa lahat ng tatlong persona ng Trinidad.

▣ **"Espiritu ng Katotohanan"** Ito ay ginamit sa pakahulugan ng Banal na Espiritu bilang tagapahayag ng Ama (cf. 14:17,26; 15:26; 16:13). Tignan Natatanging Paksa patungkol sa Katotohanan sa 6:55 and 17:3.

▣ **"Siyang magpapatotoo sa Akin"** Ang trabaho ng Espiritu ay patotohanan si Hesus at Kanyang mga katuruan (cf. 14:26; 16:13-15; I Juan 5:7).

**15:27 "At kayo naman ay magpapatotoo"** Ang"kayo. . .at saka" ay mariin. Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay dapat na tumukoy sa pagkakasi sa mga may-akda ng NT (i.e., mga Apostol at kanilang mga kaibigan) na naging kasama ni Hesus sa panahon ng Kanyang buhay sa mundo (cf. Lucas 24:48). Tignan Natatanging Paksas: Patotoo kay Hesus sa 1:8 at Ang Persona ng Espiritu sa 14:26.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang nagsasangkot sa "Pananatili"?
2. Paano kung ang mananampalataya ay tumigil sa pananatili? Paano kung ang mananampalataya ay walang bunga?
3. Itala ang mga katunayan ng tunay na pagdidisipulo.
4. Kung ang pagdurusa ay karaniwan para sa mga Kristyano, ano ang sinasabi nito sa atin sa ngayon?
5. Ipaliwanag ang v. 16 sa iyong sariling mga pananalita

# JUAN 16

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Poor ng Mundo | Ang Padating na Pagtatakwil | | | Ang mga Disipulo at ang Mundo |
| (15:18-16:4a) | (15:26-16:4) | Ang Relasyon ng Kristyano sa Mundo | (15:18-16:4a) | (15:18-16:4a) |
| Ang Gawain ng Espiritu | | 16:1-4a | Ang Gawain ng Banal na Espiritu | Ang Pagdating ng Paraclete |
| 16:4b-11 | Ang Gawain ng Banal na Espiritu | 16:4b-11 | 16:4b-11 | 16:4b-15 |
| | 16:5-15 | | | |
| 16:12-15 | | 16:12-15 | 16:12-15 | |
| Ang Kalumbayan ay Magiging Kagalakan | Ang Kalumbayan ay Magiging Kagalakan | | Kalungkutan at Kaligayahan | Si Hesus ay Babalik ng Napakadali |
| 16:16-24 | 16:16-24 | 16:16-24 | 16:16 | 16:16 |
| | | | 16:17-18 | 16:17-28 |
| | | | 16:19-22 | |
| | | | 16:23-24 | |
| Ako ay Nagtagumpay | Si Hesukristo ay napagtagumpayan ang Mundo | | Tagumpay Laban sa Mundo | |
| 16:25-33 | 16:25-33 | 16:25-28 | 16:25-28 | |
| | | 16:29-33 | 16:29-30 | 16:29-33 |
| | | | 16:31-33 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG JUAN 16:1-33

A. Ang literaturang konteksto ay tumatakbo mula sa 15:18-16:4a. Ang mga kabanatang pagkakabahagi ay hindi kinasihan at mga mas idinagdag kamakailan, gaya ng pagsasatala, pagsusulat sa kapital na titik, pagbabantas, at talataang pagkakabahagi.

B. Ang tungkulin ng Banal na Espiritu sa mga makasalanang espiritwalidad ay ipinaliwanag sa16:8-11, Ang Kanyang tungkulin sa mga naligtas ay sa16:12-15. Samuel J. Mikolaski ay may nakakawiling buod sa aktibidad ng Espiritu sa NT sa kanyang artikulong "*The Theology of the New Testament*" sa *The Exposition Bible Commentary*, Vol. 1:

> "Ang NT doktrina ng pagpapaging banal, habang malapit na magkatulad sa pagaaring ganap, ay gayunpaman ay naiiba dito. Gaya ng sa OT, ang pagpapaging banal ay pumupunto ng una sa pagkakahiwalay—ang banal transendesiya ng Diyos—ang ikalawa, ang moral na kahusayan at relasyon na makadiyos. Ang pagpapaging banal ay gawa ng Banal na Espiritu, na nagsasama sa perAnaka ni Kristo at nagbabago ng kanyang buhay espiritwal. Ang NT na wika ay nangangailangan ng bautismo ng Espiritu ( I Corinto 12:13); ang tatak ng Espiritu (Efeso 1:13, 14; 4:30), ang pananahan ng Espiritu (Juan 14:17; Roma 5:5; 8:9-11; I Corinto 3:16; 6:19; 2 Timoteo 1:14), pagtuturo ng Espiritu (Juan 14:26; 16:12-15), ang pagpupuno ng Espiritu (Efeso 5:18), at ang bunga ng Espiritu (Galacia 5:22,23). Ang pagpapaging banal ay may kaugnayan sa pag-aaring ganap, na siyang katayuan sa harap ng Diyos (Hebreo 10:10), at maaring isipin na isang paglilinang tungo sa bagong uliran" (p. 474).

C. Ang talata 17, gaya ng 13:36; 14:5, 8, at 22, ay isa na naming katanungan ng mga Apostol.

D. Marami ang naniniwala na ang "magsialis tayo rito" ng 14:31 kasama ng 18:1 ay nagpapakita na si Hesus ang nagsalita ng mga kabanata 15-17 patungo sa Gethsemane sa pamamagitan ng temple at mga kalye ng Herusalem, hindi sa itaas na silid.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 16:1-4

**[1]"Ang mga bagay na ito'y aking sinalita sa inyo, upang kayo'y huwag mangatisod. [2]Kayo'y palalayasin nila sa mga sinagoga: oo, dumarating ang oras, na ang sinomang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog siya ng paglilingkod sa Diyos. [3]At ang mga bagay na ito'y gagawin nila, sapagka't hindi nila nakikilala ang Ama, ni ako man. [4]Datapuwa't ang mga bagay na ito'y sinalita ko sa inyo, upang kung dumating ang kanilang oras, ay inyong mangaalaala, kung paanong sinabi ko sa inyo. At ang mga bagay na ito'y hindi ko sinabi sa inyo buhat pa nang una, sapagka't ako'y sumasa inyo."**

▣
**16:1**
**NASB "upang kayo ay maiwas sa pagkakatisod"**
**NKJV "upang kayo'y huwag mangatisod"**
**NRSV "malayo kayo sa pagkakatisod"**
**TEV "upang hindi ninyo talikdan ang inyong pananampalataya"**
**NJB "upang kayo ay hind mahulog"**

Ang Griyegong salitang ito (AORIST BALINTIYAK NA PASAKALI ng *skandalizō*, BAGD 752) ay orihinal na ginamit sa pinainang patibong para sa paghuli ng mga hayop. Ito ay madalas na isinalin sa "mahulog" (cf. Mateo 13:21; 24:10; Marcos 4:17; 14:27,29). Ang metaporikal na gamit nito sa kontekstong ito ay tumutukoy sa mga mananampalataya na hindi nahulog ng hindi nalalaman ang namumuhing mga aksyon ng kapwa Hudyo, at maging mga pinunong pang-relihiyon.

**16:2 "Kayo'y palalayasin nila sa mga sinagoga"** Ito ay tumutukoy sa pagtitiwalag sa iglesya mula sa Judaismo (cf. 9:22,34; 12:42). Mayroon maraming hindi nalalaman patungkol sa mga pamamaraan ng Makahudyong pagtitiwalag. Mayroong parehong isang temporal at permanenteng pagpapalayas mula sa mga sinagogang paglilingkod. Makalaunan, pagkatapos ng pagbagsak ng Herusalem noong A.D. 70, sa Jamnia sa Palestina, ang mga rabi ay nagbuo ng "sumpang panunumpa" na may kaugnayan kay Kristo na kung saan ninais nila na palayasin ang mga Kristyano mula sa sinagogang paglilingkod. Ito ang kahulihang pagpupumilit na naghati sa pagitan ng mga tagasunod ni Kristo at mga lokal na Hudyo sa sinagoga.

▣ **"dumarating ang oras, na ang sinomang pumatay sa inyo ay aakalaing naghahandog siya ng paglilingkod sa Diyos"** Ito ang eksaktong itinuturo ng mga pinunong Hudyo (cf. Isa. 66:5; Mateo 5:10-12; 10:32). Si Saul ng Tarsus (Pablo) ang isang magandang halimbawa ng pagliligaw na landas ng pagiging panatikong pang-relihiyon (cf. Mga Gawa 26:9-11; Galacia 1:13-14).

**16:3 "At ang mga bagay na ito'y gagawin nila"** Ang pagkamatapat at totoo sa pangako sa Dakilang Nabubuhay ay hindi sapat. Ang Kasamaan, kamalian, at panatismo ay madalas na nagagawa sa ngalan ng Diyos.

▣ **"sapagka't hindi nila nakikilala ang Ama, ni Ako man"** Ang salita "nakikilala" ay tumutukoy sa OT na konotasyon ng matalik, personal na relasyon (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Ito ay isang malakas na pagsasaysay na ang pagtakwil kay Hesus ay sa bandang huli ay pagtatakwil sa Diyos (cf. 8:19; 15:21; I Juan 5:9-12).

Si Juan ay madalas na nagsasaysay ng espiritwal na pagkabulag at kamangmangan sa sanglibutan (cf. 1:10; 8:19,55; 15:21; 16:3; 17:25). Gayunpaman ang layunin ng pagdating ng Anak ay upang iligtas ang sanglibutan (cf. 3:16) at ipahayag ang Ama upang ang sanglibutan ay makakilala sa Kanya (cf. 17:23) sa pamamagitan ni Kristo.

**16:4** Ang mga prediksyon ni Hesus ay ibinigay bilang paraan ng pagpapalakas ng loob sa ananamalataya/pagtitiwala/paniniwala ng mga alagad sa gitna ng persekusyon at pagtatakwil (cf. 13:19; 14:29).

"Mula sa pasimula" ay tumutukoy sa simula ng pampublikong ministery ni Hesus at natatanging pagtawag sa Labindalawa.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:5-11

**[5]"Datapuwa't ngayong ako'y paroroon sa nagsugo sa akin; at sinoman sa inyo ay walang nagtatanong sa akin, 'Saan ka paroroon?' [6]Nguni't sapagka't sinalita ko ang mga bagay na ito sa inyo, ay napuno ng kalumbayan ang inyong puso. [7]Gayon ma'y sinasalita ko sa inyo ang katotohanan: Nararapat sa inyo na ako'y yumaon; sapagka't kung hindi ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo; nguni't kung ako'y yumaon, siya'y susuguin ko sa inyo. [8]At siya, pagparito niya, ay kaniyang susumbatan ang sanglibutan tungkol sa kasalanan, at sa katuwiran, at sa paghatol: [9]Tungkol sa kasalanan, sapagka't hindi sila nagsisampalataya sa akin;[10]Tungkol sa katuwiran, sapagka't ako'y paroroon sa Ama, at hindi na ninyo ako makikita;[11]Tungkol sa paghatol, sapagka't ang prinsipe ng sanglibutang ito ay hinatulan na."**

**16:5 "sinoman sa inyo ay walang nagtatanong sa akin, 'Saan ka paroroon?"** Waring si Pedro ay nagtanong ng katanungang ito sa kabanata 13:36, ngunit agad-agad ang kanyang isipan ay nagambala ng matinding paghihirap sa pag-iwan sa kanila ni Hesus at magkagayon ang tanong sa kung ano ang mangyayari sa kanila (cf. v. 6). Si Juan 14:1-3 ay tumatalakay sa asensyon ni Hesus sa langit (cf. Mga Gawa 1:9-11).

Ito ang mabuting lugar upang paalahanan natin ang ating mga sarili na ang mga Ebanghelyo ay hindi berbatim, salita-para-salita, kopya ng mga usapan ni Hesus. Sila ay mga buod ng mga taong lumipas na kalaunay may mga teolohikal na layunin. Ang mga manunulat ng Ebanghelyo, sa ilalim ng inspirasyon o pagkakasi ng Banal na Espiritu, ay may opsyon sa pagpili, pagsasaayos, at pag aangkop ng mga salita ni Hesus (tignan Gordon Fee at Douglas Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*). Hindi ako naniniwala na sila ay may karapatan na ilagay ang mga salita sa bibig ni Hesus. Ang teolohikal na pagiistrukturang ito ng mga salita, mga katuruan, at mga aksyon ni Hesus para sa pag-eebanghelyo ng mga siguradong mga tagapanuod, ay maaring magbigay paliwanag sa maraming mga pagkakaiba sa mga kasaysayan ng Ebanghelyo!

**16:6 "napuno ng kalumbayan ang inyong puso"** Ito ay isang GANAP AKTIBONG INDIKATIBO. Ang karanasan sa Itaas na Silid ay isang kalumbayan (cf.14:1; 16:6,22). Ang salitang "puso" ay ginamit sa Hebreong pakahulugan para sa kabuuang perAnaka—isipan, damdamin, at kalooban. Tignan Natatanging Paksa: Puso sa 12:40.

**16:7 "Nararapat sa inyo na Ako'y yumaon"** Ang pisikal na katawan ni Hesus ay maaring nasa isang lugar at isang panahon lamang, na naglilimita sa Kanyang kakayahang sa parehong pagtuturo at pagmiministeryo sa lahat ng Kanyang mga alagad. Gayundin, sa panahon ng Kanyang buhay sa sanglibutan Siya ay pangunahing nakatuon sa Israel (cf. Mateo10:6; 15:24). Ang pagdating ng Banal na Espirituu ay magbubukas ng panibagong kapanahunan na maguusbong na mas pinalawak na ministeryo (cf. Efeso 2:11-3:13).

Ang salita "nararapat" ay nangangahulugang "kapaki-pakinabang" at ginamit rin sa 11:50 at 18:14 na may koneksyon sa kamatayan ni Hesus. Ang pariralang "yumaon" ay maaring nagsasama sa lahat ng mga pangyayari sa huling linggo ni Hesus.

▣ **"sapagka't kung hindi Ako yayaon, ang Mangaaliw ay hindi paririto sa inyo"** Ang mga ito ay dalawang IKATLONG KLASENG KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP sa talatang ito na nagpapahiwatig ng potensyal na aksyon. Si Hesus ay kailangang lumisan para sa kapunuan ng Espiritung parating! Ang salitang *paraclētos* ay maaring maisalin sa "tagapagtaguyod," "taga-aliw," o "katulong" (cf.14:16, 26; 15:26, tignan buong puna sa 14:16). Ang salitang ito ay lumitaw lamang sa mga kasulatan ni Juan. Ito ay ginamit sa Griyegong literatura para sa isang abogadong tagapagtanggol na tinawag kasabay ng ibinigay na tulong. Sa vv. 8-11 ang Espiritu ay umaakto bilang isang tagausig ng sanglibutan, gayunpaman, sa vv. 12-15 ang pagtataguyod ng Espiritu ay nakikita sa ngalan ng mga mananampalataya.

Ang kaparehong salita *paraclētos*, ay ginamit para sa Anak sa I Juan 2:1. Ang Griyego ugat ay maaring isalin na "kaaliwan." Sa ganitong pakahulugan ito ay ginamit para sa Ama sa II Corinto 1:3-11.

▣ **"Siya'y susuguin Ko sa inyo"** Ang Espiritu ay nagmula sa pareho Ama at ang Anak (cf. 14:26).

**16:8 "At Siya, pagparito Niya, ay Kaniyang susumbatan ang sanglibutan"** Pansinin na ang lahat ng tatlong mga lugar (kasalanan, katuwiran, paghahatol) ng patotoo ng Espiritu ay nakauugnay sa pangangailangan ng sangkatuhan at ang gawang pagtutubos ni Hesuskristo. Ang salitang "hatulan" ay isang legal na salita para sa "interogasyon."

G. B. Caird, *The Language and Imagery of the Bible*, p. 159, ay may nakakawiling pagkakaunawa sa tatlong sukat na ito. Papaniwalain ang sanglibutan na

1. ito ay mali sa pagdadala kay Hesus sa paglilitis at pagbibitay
2. ito ay mali patungkol sa kahulugan ng kasalanan
3. ito ay mali patungkol sa kahulugan sa katuwiran
4. ito ay mali patungkol sa kahulugan sa paghahatol

Kung magkagayon, samakatwid ang Espiritu ay lubos na nagpapahayag ng ebanghelyo sa pamamagitan ng persona ni Hesus. Ang kanilang pagiging pang-relihiyon ay hindi makapagliligtas sa kanila. Ang paghahatol ay naghihintay sa lahat ng magtatakwil kay Hesus! "Ang kasalanan" ay kawalan ng pananampalataya! Si Hesus ang tanging daan sa buhay na kasama ang Diyos!

Ang salitang "sanglibutan" ay tumutukoy sa mga tao, makasalanang lipunan na inayos at gumagawa ng hiwalay sa Diyos. Tignan Natatanging Paksa sa 14:17.

**16:9 "Tungkol sa kasalanan, sapagka't hindi sila nagsisampalataya sa Akin"** Ang ebanghelyo ay nagsisimula sa pagkilala sa pagiging makasalanan ng sangkatauhan at ang pangangailangan ng katuwiran ng Diyos (cf. Roma 3:9-18,23; 6:23; Efeso 2:1-3). Ang kasalanan ay hindi "ang" pangunahing katitisurang bato sa kaligtasan sa bahaging ito ng Kalbaryo, ngunit ang kawalang pananampalataya ng sangkatauhan sa gawa at persona ni Hesuskristo (cf. Juan 3:6-21; 8:24,26). Ang salitang "manampalataya" ay may kognitibo at emosyonal na mga elemento, ngunit ang pangunahin ay bolisyonal (tignan Natatanging Paksa sa 2:23). Ito ay nagpopokus hindi sa pagiging karapat-dapat ng mga mananampalataya o pagsasagawa, ngunit sa kanilang tugon ng nagsisising pananampalataya sa mga pangako ng Diyos kay Kristo (cf. Roma 3:21-30).

**16:10 "Tungkol sa katuwiran"** Ito ay maaring tumukoy sa

1. Ang paparating na gawang pagtubos ni Kristo sa Kalbaryo at ang Muling Pagkabuhay na nakikita bilang isang yunit (cf. v. 10)
2. yaong mga nagiisip na sila ay matuwid sa Diyos ng hiwalay kay Kristo na sa realidad o katotohanan tanging si Kristo lamang ang matuwid sa Diyos, na nakita sa Asensyon

**16:11 "Tungkol sa paghatol, sapagka't ang prinsipe ng sanglibutang ito ay hinatulan na"** Mayroong isang araw na darating na ang parehong mga makasalanang anghel at makasalanang sangkatauhan ay tatayo sa harap ng matuwid na Diyos (cf. Filipos 2:9-11). Si Satanas, bagamat ay may dakilang kapangyarihan parin sa mundong ito (cf. 12:31; 14:30; II Corinto 4:4; Efeso 2:2; I Juan 5:19), ay isa nang talunang kalaban (GANAP PASAKALI INDIKATIBO). Ang Kanyang mga anak (cf.8:44; Mateo 13:38; I Juan 3:8-10) ay aani ng matinding poot ng Diyos!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:12-15

**[12]"Mayroon pa akong maraming bagay na sa inyo ay sasabihin, nguni't ngayon ay hindi ninyo mangatitiis. [13]Gayon ma'y kung siya, ang Espiritu ng katotohanan ay dumating, ay papatnubayan niya kayo sa buong katotohanan: sapagka't hindi siya magsasalita ng mula sa kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na kaniyang marinig, ang mga ito ang kaniyang sasalitain: at kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating. [14] Luluwalhatiin niya ako: sapagka't kukuha siya sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag [15] Ang lahat ng mga bagay na nasa Ama ay akin: kaya sinabi ko, na siya'y kukuha sa nasa akin, at sa inyo'y ipahahayag."**

**16:12 "ngayon ay hindi ninyo mangatitiis"** Ang salitang "mangatiis" ay ginamit sa isang hayop na nagdadala ng isang pisikal na kabigatan. Ilan sa mga bagay na hindi nila maunawaan ay mga

1. ang pagdurusa ni Kristo
2. ang muling pagkabuhay ni Kristo
3. ang misyon sa sanglibutan ng iglesya

Ang mga makabagong mambabasa ay dapat na tandaan na sa maraming mga kaparaanan ang buhay ni Kristo ay kumakatawan ng isang pagbabagong panahon. Ang mga Apostol ay hindi naunawaan ang maraming bagay hanggang sa pagkatapos ng muling pagkabuhay na pagpapakita at ang pagdating ng Espiritu sa kabuunan sa Pentecost.

Gayunpaman, dapat din nating tandaan na ang mga Ebanghelyo isinulat ng ilang mga taon ang lumipas para sa pag-eebanghelyong mga layunin sa ilang mga tiyak na piniling tagapanuod. Samaktuwid, sila ay nagpapakita ng isang kalaunay, hinog na teolohiya.

**16:13 "ang Espiritu ng katotohanan"** Ang katotohanan (*alētheia*) ay ginamit sa OT konotasyon ng mapagkakatiwalaan at tanging sekondarya sa pakahulugan ng makatotohanan. Si Hesus ay nagsabi na Siya ang katotohanan sa 14:6. Ang titulong ito ay

para sa Banal na Espiritu na nagbibigay diin sa Kanyang tungkulin bilang tagapahayag ni Hesus (cf. 14:17,26; 15:26; 16:13-14; I Juan 4:6; 5:7). Tignan puna sa Juan 6:55.

▣ **"papatnubayan Niya kayo sa buong katotohanan"** Hindi ito tumutukoy sa tiyak na katotohanan sa bawat lugar, ngunit tanging sa lugar lamang ng espiritwal na katotohanan at mga katuruan ni Hesus. Ito ay tumutukoy ng pangunahin sa inspirasyon ng mga may akda ng mga Kasulatan sa NT. Ang Espiritu ang naggabay sa kanila sa naiiba, at mapanghahawakang mga paraan. Sa secondaryang pakahulugan ito ay naguugnay sa gawa ng Espiritu na nagbibigay liwanag sa mga huling mambabasa sa mga katotohanan ng Ebanghelyo. Tignan Natatanging Paksas sa Katotohanan sa 6:55 at Ang Personalidad ng Espiritu sa 14:26.

## NATATANGING PAKSA: PAGBIBIGAY LIWANAG O ILUMINASYON

"Ang Diyos ay kumilos sa nakalipas upang malinaw na ipahayag ang Kanyang sarili sa sangkatauhan. Sa teolohiya ito ang tinatawag na kapahayagan. Pumili Siya ng ilang mga tao upang isulat at ipaliwanag ang sariling-kapahayagn na ito. Sa teolohiya ito ang tinatawag na inspirasyon o pagkakasi. Isinugo Niya ang Kanyang Espiritu upang tulungan ang mga mambabasa na maunawaan ang Kanyang salita. Sa teolohiya ito ang tinatawag na pagbibigay liwanag o iluminasyon. Ang problema ay lumilitaw kapag tayo ay nagsasabi na ang Espiritu ay sangkot sa paguunawa ng salita ng Diyos—kaya bakit mayroong napakaraming mga interpretasyon nito?

Bahagi ng problema ay nakasalalay sa paunang kaunawaan o personal na mga karanansan. Madalas isang personal na adyenda ang tinatalakay sa pamamagitan ng paggamit sa Bibliya ng pruwebang-teksto o atomistikong kaugalian. Madalas ang teolohikal na parilya ang ipinagpipilitan ng higit sa pagpapahintulot sa Bibliya na magsalita lamang sa ilang mga lugar at ilang piniling mga paraan. Ang iluminasyon ay hindi simpleng ipantay sa inspirasyon bagamat ang Banal na Espiritu ay kasangkot sa bawat isa.

Ang pinakamainam na paglapit na pagtatangka sa pagsasaad ng sentral na ideya sa isang talataan, ay hindi pag-interpret sa bawat detalye ng teksto. Ang pangkasalukuyang kaisipan na nagdadala na orihinal na sentral na katotohanan ng may-akda. Ang pagbabalangkas ng aklat o literaturang yunit ay makakatulong sa isa na sundan ang intensyon ng orihinal na kinasihang may-akda. Walang tagapagsalin na kinasihan. Hindi natin muling magagawa ang pamamaraan ng interpretasyon ng biblikal na manunulat. Kaya natin at dapat na tangkain na maunawaan kung ano ang kanilang sinasabi noong kanilang panahon at ipabatid ang katotohanang iyon sa ating sariling panahon. May mga bahagi ng Bibliya na may kalabuan o nakatago (hanggang sa tiyak na panahon o kapanahunan). Mayroon laging hindi pagkakasundo sa ilang mga teksto at mga paksa ngunit dapat nating malinaw na ilahad ang mga sentral na katotohanan at hayaan ang kalayaan para sa indibidwal na interpretasyon sa loob ng hangganan ng intensyon ng orihinal na may-akda. Ang mga tagapagsalin ay dapat lumakad ng ayon sa liwanag na meron sila, laging bukas sa mas higit na liwanag mula sa Bibliya at sa Espiritu. Ang Diyos ang maghahatol sa atin batay sa antas ng ating kaunawaan at kung paano natin ipinamumuhay ang kaunawaang iyon

▣ **"sapagka't hindi Siya magsasalita ng mula sa Kaniyang sarili; kundi ang anomang bagay na Kaniyang marinig, ang mga ito ang Kaniyang sasalitain: at Kaniyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na magsisidating"** Ang mga bagay na darating ay tumutukoy sa madaliang pagtutubos na mga pangyayari: Kalbaryo, ang Muling Pagkabuhay, ang Asensyon, at Pentekoste. Hindi ito tumutukoy sa malapropetang ministeryo ng panghuhula sa hinaharap (i.e., Agabus, Mga Gawa 21:10, tignan Natatanging Paksa: Propesiya sa 4:19).

Ang Espiritu ay tatanggap ng katotohanan mula sa Ama, gaya ng ginawa ni Hesus , at maipasa ito sa mga mananampalataya, gaya ng ginawa ni Hesus. Hindi lamang ito ang nilalaman ng mensahe ng Espiritu na nagmumula sa Ama, kundi maging ang pamamaraan (i.e., personal, tignan Natatanging Paksa sa 14:26) na rin. Ang Ama sukdulang gumagawa (cf. I Corinto 15:27-28).

**16:14-15 "Luluwalhatiin Niya Ako: sapagka't kukuha Siya sa nasa Akin, at sa inyo'y ipahahayag"** Ang pangunahing gawain ng Espiritu ay ang pagtataas at pagpapaliwanag kay Hesus na Mesias (cf. v. 15). Ang Espiritu ay kailanman pinakikinang ang spatlait sa Kanyang sarili, ngunit laging kay Hesus (cf.14:26).

▣ **"Ang lahat ng mga bagay na nasa Ama ay Akin"** Anong kagila gilalas na pag-angkin (cf. 3:35; 5:20; 13:3; 17:10; Mateo 11:27). Ito ay analogo sa Mateo 28:18; Efeso 1:20-22; Colosas 2:10; I Pet. 3:22.

Mayroong isang gumaganang patakaran, hindi ang hindi pagkakapantay-pantay, sa loob ng Trinidad. Habang ipinakikila Hesus ang Ama, ang Espiritu ay ipinakikilala si Hesus.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:16-24

**16"Sangdali na lamang, at ako'y hindi na ninyo makikita; at muling sandali pa, at ako'y inyong makikita." 17*Ang ilan* sa kaniyang mga alagad nga ay nangagsangusapan, Ano itong sinasabi niya sa atin, 'Sangdali na lamang, at ako'y hindi na ninyo makikita; at muling sangdali pa, at ako'y inyong makikita: at, Sapagka't ako'y paroroon sa Ama?'"**
**18Sinabi nga nila, "Ano nga itong sinasabi niya," 'Sangdali na lamang?' "Hindi namin nalalaman kung ano ang sinasabi niya." 19Natalastas ni Hesus na sa kaniya'y ibig nilang itanong, at sa kanila'y sinabi niya, "Nangagtatanungan kayo**

**tungkol dito sa aking sinabi, Sangdali na lamang, at ako'y hindi na ninyo makikita, at muling sangdali pa, at ako'y inyong makikita? [20]Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayo'y magsisiiyak at magsisipanaghoy, datapuwa't ang sanglibutan ay magagalak: kayo'y mangalulumbay, datapuwa't ang inyong kalumbayan ay magiging kagalakan. [21]Ang babae pagka nanganganak ay nalulumbay, sapagka't dumating ang kaniyang oras: nguni't pagkapanganak niya sa sanggol, ay hindi na niya naalaala ang hirap dahil sa kagalakan sa pagkapanganak sa isang tao sa sanglibutan. [22]At kayo nga sa ngayon ay may kalumbayan: nguni't muli ko kayong makikita, at magagalak ang inyong puso, at walang makapagaalis sa inyo ng inyong kagalakan. [23]At sa araw na yaon ay hindi kayo magtatanong sa akin ng anomang tanong. Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, Kung kayo'y hihingi ng anoman sa Ama, ay ibibigay niya sa inyo sa aking pangalan. [24]Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihinging anoman sa pangalan ko: kayo'y magsihingi, at kayo'y tatanggap, upang malubos ang inyong kagalakan."**

**16:16 "Sangdali na lamang"** Ang pariralang ito ay lumitaw ng madalas sa Juan (cf. 7:33; 12:35; 13:33; 14:19). Mayroong naging ilang mga teorya kung ano ang ibig sabihin ng idyomatikong parirala.

1. ang natapos-na muling pagkabuhay na mga pagpapakita
2. ang Ikalawang Pagdating Second Coming
3. ang pagdating ni Hesus at sa pamamagitan ng Banal na Espiritu

Ayon sa liwanag ng konteksto, ang bilang 1 ang tanging posibilidad (cf. v. 22). Ang mga alagad ay naguguluhan sa pahayag na ito (cf. vv. 17-18).

**16:17 "Ang *ilan* sa kaniyang mga alagad nga ay nangagsangusapan"** Ito ay isa na naming katanungan na gaya ng sa 13:36; 14:5,8,22. Si Hesus ay gumagamit ng mga katanungang ito upang muling bigyan katiyakan at iphayag ang Kanyang sarili. Ito ay katangi-tangi sa Juan na gumagamit siya ng dyalogo upang ipakita ang katotohanan. Sa Juan mayroong dalawamput-pitong pag-uusap na kasama o patungkol kay Hesus. Ito rin ay katangian ng Juan na ang mga tagapakinig ni Hesus ay hindi makaintindi sa Kanyang sinabi (cf. v. 18). Siya ay mula sa itaas; sila ay mula sa ibaba.

▣ **"Sapagka't Ako'y paroroon sa Ama"** Si Hesus ang nagsaad nito sa 16:5 na gaya ng Kanyang ginawa sa parirala "sandal na lamang" sa 16:16. Sa pakahulugan ito ay napakapartikular na Makamesyas na pantukoy (cf. 13:1,3; 16:28; 17:24).

▣ **"hindi na ninyo makikita. . . inyong makikita"** Mayroong dalawang magkaibang mga salita para sa "makikita" sa vv. 16 at 17. Sila ay waring magkasingkahulugan. Kung magkagayon mayroon lamang isang periyod ng panahon na tinukoy at marahil ay panahon sa pagitan ng kamatayan ni Hesus sa krus at umaga ng muling pagkabuhay.

Ang ibang dapat na dalawang mga PANDIWA at mga PARIRALA ay tumutukoy sa "pisikal" na paningin at "Espiritwal" na paningin at samakatuwid tumutukoy sa (1) ang oras sa pagitan ng Kalbaryo at Linggo ng umaga o (2) ang oras sa pagitan ng Asensyon at ang Ikalawang Pagdating.

Ang katotohanan na ang unang PANDIWA (*theōreō*) ay PANGKASALUKUYAN PAMANAHON sa parehong vv. 16 at 17 at ang ikalawa (*horaō*) ay PANGHINAHARAP PAMANAHON sa parehong vv. 16 at 17 ay parang sumusuporta sa teorya ng magkasingkahulugan.

**16:18 "Sinabi nga nila"** Ito ay isang DI-GANAP PAMANAHON na maaring mangahulugang (1) sila ay nagsasabi ng paulit-ulit o (2) sila ay nagsimulang nagsabi.

▣ **"Ano nga itong sinasabi niya?"** Yaong mga kasama Niya, mga nakarinig sa Kanya at nakita sa Kanyang mga himala, ay hindi laging nakaunawa (cf. 8:27,43; 10:6; 12:16: 18:4). Ito ang ministeryo na ang Espiritu ay makakagpagpaginhawa.

**16:19 "Natalastas ni Hesus na sa Kaniya'y ibig nilang itanong"** Si Hesus ay laging alam ang isipan ng mga tao (cf. 2:25; 6:61,64; 13:11). Napakahirap na malaman ng may katiyakan kung ito ay (1) Kanyang banal na kalikasan; (2) kaalaman sa mga tao at mga sitwasyon; o (3) pareho.

**16:20 "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo"** Sa literal ito ay "Amen, Amen" (tignan Natatanging Paksa 1:51). "Amen" Ay ang OT na salita (*aman, emeth, emunah*) para "pananampalataya" (cf. Habakuk 2:4). Ang panimulang etimolohiya ay "maging matatag" o "maging tiyak." Ito ay ginamit na may talinghaga para sa mapagkakatiwalaang Diyos na siyang pinagmulang biblikal na konsepto ng pananampalataya/katapatan. Si Hesus ang tanging nagpasimula ng pangungusap na may ganitong salita. Ito ay waring mayroong konotasyon ng "ito ay isang mahalaga at mapagkakatiwalaang pahayag, makinig ng mabuti."

▣ **"na kayo'y magsisiiyak at magsisipanaghoy"** Ang ibig sabihin nito ay maingay at makahulugang kalumbayan na katangian ng Makahudyong kaugalian ng (cf. 11:31,33; 20:11). Tatlong beses si Hesus ay ginmait ang mariin na PANGMARAMIHAN "kayo" kapag nagsasalita sa kalumbayan ng mga alagad (v. 20 [dalawang beses] at v. 22). Ang pamumuno ay nangangahulugang

1. paglilingkod

2. pagtatakwil ng sanglibutan
3. persekusyon gaya ng sa Panginoon

▣ **"kayo'y mangalulumbay, datapuwa't ang inyong kalumbayan ay magiging kagalakan"** Anong dakilang pangako sa mga alagad sa gitna ng kanilang kalituhan at kakulangan ng pagkakaunawa. Lahat ng bagay na ipinangako ni Hesus sa kalagitnaan ng grupo ng mga alagad ay natupad sa unang natapos na muling pagkabuhay ni Hesus at pagpapakita sa unang gabi ng Linggo pagkatapos ng muling pagkabuhay sa itaas na silid.

1. Hindi Niya sila iiwan (cf. 14:18; 16:16,19; 20:19)
2. Siya ay lalapit sa kanila (cf. 14:18; 16:16,19; 20:19)
3. Siya ay magbibigay ng kapayapaan sa kanila (cf. 16:22; 20:19)
4. Siya ay magbibigay sa kanila ng Espiritu (cf. 15:26; 20:22)

**16:21 "Ang babae pagka nanganganak"** Ang metapora sa isang babae na manganaganak ay karaniwan sa Luma at Bagong Tipan. Madalas ito ay ginamit upang bigyan diin ang biglaan o kawalang kakayanang maiwasan ang panganganak, ngunit dito ang pokus ay sa saloobin ng ina, bago at pagkatapos. Ang metaporang ito ay madalas nakadugtong sa "mga kirot ng panganganak" ng Bagong Panahon (cf. Isa. 26:17-18; 66:7-14; Marcos 13:8). Ito ang eksaktong tinutukoy ni Hesus at eksaktong dahilan kung bakit ang mga alagad, na nasa kabilang bahagi parin ng krus, muling pagkabuhay,at asensyon, ay hindi nauunawaan ang mga salita ni Hesus!

**16:23 "At sa araw na yaon"** Ito ay isa na naman Hebraic idyomatikong parirala (gaya ng panganganak cf. v. 21) na karaniwang iuugnay sa pagdating ng Bagong Panahon (cf. 14:20; 16:25,26).

▣ **"hindi kayo magtatanong sa Akin ng anomang tanong"** Mayroong dalawang magkakaibang mga salita pra sa "tanong" o "magtanong" sa talatang ito (cf. v. 26). Ang una ay nagpapahiwatig ng "manghingi ng tanong" (cf. 16:5,19,30). Kung ito ang nararapat na salin, si Hesus ay tumutukoy sa lahat ng kanilang mga katanungan na ipinahayag sa konteksto ng mga kabanata 13-17 (cf. 13:36; 14:5,8,22; 16:17-18). Ang ikalawang salita ay maaring tumutukoy sa pagdating ng Banal na Espiritu (cf. 14:16-31; 15:26-27; 16:1-15), na siyang sasagot sa lahat ng kanilang mga katanungan.

Sa ilang mga kaparaanan ang pariralang ito ay nagpapaalala sa akin ng pangako ng "bagong tipanan" ng Jeremias 31:31-34, kung saan ang pagdating bagong panahon ay magdadala ng kompletong kaalaman sa lahat ng mga mananampalataya.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"Kung kayo'y hihingi ng anoman sa Ama, sa aking pangalan"** |
| **NKJV** | **"anoman ang hingin ninyo sa Ama sa Aking pangalan"** |
| **NRSV** | **"kung kayo ay hihingi ng anomang bagay sa Ama sa aking pangalan"** |
| **TEV** | **"ang Ama ay ibibigat sa inyo anoman ang hingin sa kanya sa aking pangalan"** |
| **NJB** | **"anomang hingin ninyo mula sa Ama ibibigay niya sa aking pangalan"** |

Ito ay isang WALANG KATIYAKANG PAMANGGIT NA SUGNAY, hindi isang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Ito ay dapat na maunawaan na ang paghingi ay sa pangalan ni Hesus hindi simpleng pagtapos ng ating mga panalangin sa isang ritwal na pormula, ngunit pananalangin sa kalooban, isipanm at karakter ni Hesukristo (cf. I Juan 5:13). Tignan puna sa 15:16. Tignan Natatanging Paksa: Panalangin, Walang Limitasyon subalit Limitado sa I Juan 3:22.

Mayroong isang manuskriptong kaibahan na kaugnay sa pariralang "sa Aking pangalan." Dapat ba itong sumulong kasama ng "humingi" o "magbigay" o pareho? Ang konteksto ay ang panalangin, samakatuwid, ay dapat na sumulong na kasama ang "humingi," bagamat sa realidad, lahat ng bagay na mula sa Ama ay dumarating sa pamamagitan ni Hesus ("Aking pangalan" cf. 14:13,14; 16:15,24,26). Tignan Natatanging Paksa: Ang Pangalan ng Panginoon sa Juan 14:13-14.

**16:24 "kayo'y magsihingi, at kayo'y tatanggap"** "magsihingi" ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBONG PAUTOS. Ito ay tumutuon sa mga panalangin ng mga mananampalataya na matiyaga at nagpapatuloy. Sa isang pakahulugan ang mga mananampalataya ay kailangan lamang na humingi ng isang beses, ng naniniwala, ngunit sa isa pang pakahulugan, ang panalangin at nagpapatuloy na pakikisama at pagtitiwala sa Diyos, manatiling humihingi (cf. Mateo 7:7-8; Lucas 11:5-13; 18:1-8).

▣ **"upang malubos ang inyong kagalakan"** Ito ay isang PAIKOT-IKOT NA SALITA GANAP NA PASAKALING PANDIWARI (cf. I Juan 1:4). Ang tinugong panalangin ay isang dahilan para sa ating kagalakan! Ang kagalakan ay katangian ng tagasunod ni Hesus (cf. 15:11; 16:20,21,24; 17:13).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:25-28

**25"Sinalita ko sa inyo ang mga bagay na ito sa malalabong pananalita: darating ang oras, na hindi ko na kayo pagsasalitaan sa malalabong pananalita, kundi maliwanag na sa inyo'y sasaysayin ko ang tungkol sa Ama. 26Sa araw na yao'y magsisihingi kayo sa aking pangalan: at sa inyo'y hindi ko sinasabi, na kayo'y idadalangin ko sa Ama; 27Sapagka't**

**ang Ama rin ang umiibig sa inyo, sapagka't ako'y inyong inibig, at kayo'y nagsisampalataya na ako'y nagbuhat sa Ama. 28 Nagbuhat ako sa Ama, at naparito ako sa sanglibutan: muling iniiwan ko ang sanglibutan, at ako'y paroroon sa Ama."**

**16:25 "malalabong pananalita"** Ang mga katuruan ni Hesus ay may dalawang-tuping epekto: (1) ito ay nagbubukas ng kaunawaan at (2) ito ay humahadlang ng pagkakaunawa (cf. Marcos 4:10-11; Isa. 6:9-10; Jeremias 5:21). Ang puso ng mga tagapakinig ang susi sa epektibong pagkakaunawa. Gayunpaman, may mga katotohanan na maging ang mga ligtas ay hindi maintindihan hanggang sa pagkatapos mga pangyayari sa linggo ng Pasyon (pagpapako, muling pagkabuhay, mga pagpapakita pagkatapos ng muling pagkabuhay, asensyon) at Pentekoste.

Ang pagpapakita sa natapos na muling pagkabuhay sa dalawa sa daan patungo sa Emmaus (cf. Lucas 24:13-35) ay maaring magbigay ng palatandaan sa kung paano si Hesus nagturo sa mga Apostol (cf. vv. 25-27,29). Siya mismo sa Kanyang mga pagpapakita sa natapos na muling pagkabuhay ang nagpakita sa kung paano ang OT ay aplikado at nagbabala sa Kanyang ministeryo. Ito ay naghahanda ng tularan sa pangangaral ni Pedro sa Mga Gawa (*kerygma*, tignan Natatanging Paksa sa 5:39).

▣ **"maliwanag na sa inyo'y sasaysayin"** Tignan Natatanging Paksa: Pagiging Matapang (*Parrhēsia*) sa 7:4.

**16:26 "Sa araw na yao'y magsisihingi kayo sa Aking pangalan: at sa inyo'y hindi Ko sinasabi, na kayo'y idadalangin Ko sa Ama"** Ang talatang ito ay nagpapahayag ng mahalagang katotohanan. Maraming modernong mga Kristyano ay nakadarama na hindi nila malapitan ang Diyos ng direkta! Gayunpaman, ang Bibliya ay nagtuturo na

1. ang Espiritu ay nananalanging para sa mga mananampalataya (cf. Roma 8:26-27)
2. ang Anak namamagitan para sa mananampalataya sa I Juan 2:1
3. ang mga mananampalataya ay maaring malapitan ang Diyos ng direkta sa panalangin dahil kay Kristo

**16:27 "Sapagka't ang Ama rin ang umiibig sa inyo"** Ang salitang para sa "pag-ibig " ay *phileō,* na siya ring ginamit sa 5:20 para sa pag-ibig ng Ama kay Hesus. Anong kamangha-mangha pahayag na nagpapalakas sa Juan 3:16 (na gumagamit ng *agapaō*). Hindi isang nag-aatubiling Diyos ay kailangang suyuin ni Hesus, ngunit isang mapagmahal na Ama na siyang pinagsisilbihan ni Hesus upang tuparin ang Kanilang pagtutubos na mga layunin!

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"mula sa Ama"** |
| **NKJV, NRSV,** | |
| **TEV, NJB** | **"mula sa Diyos"** |

Mayroong dalawang Griyegong manuskriptong mga kaibahan: (1) "Diyos" o "Ama" at (2) ang presensya o pagkawala ng PANTUKOY. Ang "Diyos" ay lumitaw sa MSS $P^5$, $\aleph^2$, A, at N, habang "ang Diyos" ay lumitaw sa MSS $C^3$ at W. Ito ay waring mas mahirap at pambihirang pananalita. Isa ito sa mga kasama ng Tekstwal na Kritisismo (tignan Apendise) na ang pinakamahirap o pambihirang teksto ang posibleng orihinal na ang mga eskriba at nakagawiang binago. Ang United Bibliya Societies' Greek New Testament ay nagbibigay dito ng "C" na marka (may labis na kahirapan sa pagdedesisyon). Gayunpaman ang "Ama" ay lumitaw sa $\aleph^1$ at "ang Ama" sa B, C*, D, at L. Ito ay sukat sa konteksto ng pinakamusay.

▣ **"sapagka't Ako'y inyong inibig, at kayo'y nagsisampalataya na Ako'y nagbuhat sa Ama"** Ang mga ito ang dalawang GANAP AKTIBONG INDIKATIBO. Ang Pag-ibig at pananampalataya kay Hesus ay nagtatakda ng yugto ng pakikisama sa Ama. Ang pahayag sa *A Translator's Handbook on the Gospel of John* ni Barclay Newman at Eugene Nida ay lubhang nakawili:

> "Ang mga pahayag na ito ay nagpapahiwatig na para kay Juan ang mga konsepto ng pag-ibig, pagsunod, at pananampalataya ay mga simple magkakaibang paraan sa pagpapakita ng relasyon ng isa sa Anak" (p. 518).

Para sa "Manampalataya" tignan Natatanging Paksa: Ang Paggamit ni Juan sa "Manampalataya" sa 2:23.

**16:28 "Nagbuhat Ako sa Ama. . . naparito Ako"** Ito ay isang AORIST PAMANAHON na sinusundan ng GANAP PAMANAHON. Si Hesus ay ipinanganak sa Bethlehem (Pagkakatawang tao) at ang mga resulta ng Kanyang pagdating ay nanatili (i.e., "Ako ay laging kasama ninyo," cf. Mateo 28:20).

Ang katotohanan na si Hesus "dumating mula sa Ama" (cf. vv. 27,30; 8:42; 13:3; 17:8) ay nagsasaysay

1. Kanyang pre-eksistens
2. Kanyang kabanalan
3. Kanyang buong kapahayagan sa Ama

▣ **"muling iniiwan Ko ang sanglibutan, at Ako'y paroroon sa Ama"** Ito ay tumutukoy sa nalalapit na asensyon at ang simula ng ministeryo ng "Katulong" at ang namamagitang ministeryo ni Hesus (cf. Hebreo 7:25; 9:24; I Juan 2:1). Gaya ng pagsasaad ng pre-eksistens ni Hesus sa Juan 1:1, kaya ang pagpapanumbalik sa kaluwalhatian at kapangyarihan ni Hesus ang isinasalaysay ng talatang ito (cf. 17:5,24).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 16:29-33

**[29]Sinasabi ng kaniyang mga alagad, “Narito, ngayo'y nagsasalita kang malinaw, at wala kang sinasalitang anomang malabong pananalita. [30]Ngayon ay nakikilala namin na nalalaman mo ang lahat ng mga bagay, at hindi nangangailangan na tanungin ka ng sinoman: dahil dito'y nagsisisampalataya kami na ikaw ay nagbuhat sa Diyos." [31]Sinagot sila ni Hesus, “Ngayon baga'y nagsisisampalataya kayo? [32]Narito, ang oras ay dumarating, oo, dumating na, na kayo'y mangangalat, ang bawa't tao sa kanikaniyang sarili, at ako'y iiwan ninyong magisa: at gayon ma'y hindi ako nagiisa, sapagka't ang Ama ay sumasa akin. [33]Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang kayo'y magkaroon sa akin ng kapayapaan. Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian:nguni't laksan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan."**

**16:29 “nagsasalita kang malinaw”** Tignan Natatanging Paksa: Pagiging Matapang (*Parrhēsia*) sa 7:4.

**16:30** Ang pangungusap na ito ay dapat na maunawaan ayon sa pagkakaalam ni Hesus sa tanong ng mga alagad sa v. 19. Ang pahayag na ito nila ay nagpapakita ng kanilang paglago, subalit hindi ganap, na pananampalataya. Nakita at narinig nila ng labis; ang pangyayaring bang ito (cf. v. 19) ay tunay na gumagawa ng mahalagang puntong pagliko sa kanilang pagkakaunawa? Para sa akin ito ay gaya ng isa sa mabuting intensyon subalit pinagrabeng mga pahayag ni Pedro (tignan *The Jerome Biblical Commentary*, p. 456).

**16:31 “Ngayon baga'y nagsisisampalataya kayo”** Ito ay maaring isang tanong o isang pahayag. Karamihan ng modernong mga English na salin nauunawaan ito bilang isang tanong. Maging sa puntong ito ng krusyal na periyod, ang pananampalataya ng mga Apostol ay hindi komplete. Ang panimula, ngunit mahina, na pananampalataya ng modernong mga mananampalataya ay tinatanggap din ng Diyos kapag sila ay tumugon kay Hesus batay sa liwanag na mayroon sila. Ang kawalan ng pananampalataya ng mga alagad ay makikita sa kanilang pag-iwan kay Hesus sa panahon ng Kanyang paglilitis at pagpapako.

**16:32 “na kayo'y mangangalat, ang bawa't tao sa kanikaniyang sarili, at Ako'y iiwan ninyong magisa:”** Tanging si Juan lamang ang naroon sa paglilitis at pagpapako (cf. Mateo 26:31, from Zacarias 13:7). Si Juan 21:1-3 ay nagmumungkahi n gang ilang mga Apostol ay bumalik sa pangingisda bilang hanapbuhay.

Si Hesus ay nawalan ng makataaong kasama (cf. Mateo 26:38,40-41, 43,45), ngunit hindi kailanman ang banal na kasama (cf. 8:16,29) hanggang sa pagpapako, nang ipinako Niya ang lahat ng kasalanan ng sanglibutan (cf. Mateo 27:45-46).

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **“sa kanyang sariling *tahanan*”** |
| **NKJV** | **“sa kanyang sarili”** |
| **NRSV** | **“sa kanyang tahanan”** |
| **NJB** | **“kanyang sariling paraan”** |
| **TEV** | **“inyong sariling tahanan”** |
| **REB, NET, NIV** | **“sa kanyang sariling tahanan”** |

Ang NKJV ay literal. Karamihan ng mga English na salin ay nagpapalagay na ito ay tumutukoy sa tahanan ng isa. Si Bultmann ay naninindigan na ito ay tumutukoy sa “ari-arian” o “mga pag-aari” (NIDOTTE, vol. 2, p. 839), tumutukoy kay Hesus bilang manlilikha (i.e., 1:3; I Corinto 8:6; Colosas 1:16; Hebreo 1:2).

**16:33 “kayo'y magkaroon sa Akin ng kapayapaan”** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBONG PASAKALI (cf. 14:27). Ang parehong obhektibo at subhektibong kapayapaan ay matatagpuan at napapantili kay Kristo. Tignan Natatanging Paksa: Kapayapaan sa 14:27.

▣ **“sanglibutan”** Si Juan ay gumamit ng “sanglibutan” sa kontekstong ito bilang makataong organisado at gumagawa ng hiwalay sa Diyos. Tignan Natatanging Paksa: *Kosmos* sa 14:17.

▣ **“mayroon kayong kapighatian”** Ang persekusyon na kinahaharap ni Hesus, ay mahaharap nila (cf. 15:18-25; Mateo 5:10-12; Mga Gawa 14:22; I Thess.3:3). Ang persekusyon (i.e., *thlipsis*) ay isang paraan upang malaman ang tunay na tagasunod ni Hesus.

Sa Pahayag mayroong isang teolohikal na pagkakaiba sa pagitan ng “poot” at “persekusyon.” Ang matinding poot ng Diyos ay kailanman hindi bumabagsak sa mga mananampalataya, ngunit sa mga hindi-mananampalataya ang galit ay bumabagsak. Ang sanglibutan ay ipinapakita ang kanyang sarili bilang anak ni Satanas sa pamamagitan ng kanilang mga pag-atake sa “ang ilaw ng sanlibutan” (cf. 1:1-18; 3:17-21)!

▣ **"laksan ninyo ang loob"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBONG PAUTOS (cf. Mateo 9:2,22; 14:27; Marcos 6:50; 10:49; Mga Gawa 23:11). Ito ay katunog ng mga salita ni YHWH kay Josue (cf. Joshua 1:6,9,18; 10:25).

▣ **"Aking dinaig ang sanglibutan"** Ito ay GANAP AKTIBONG INDIKATIBO. Ang tagumpay ay sinigurado maging bago paman ang Gethsemane, bago pa ang Kalbaryo, bago pa ang walang laman na nitso (cf. Roma 8:37; I Corinto 15:57; II Corinto 2:14; 4:7-15)! Walang sukdulang dualismo. Ang Diyos ang may kontrol.

Yamang napagtagumpayan ni Hesus ang sanglibutan sa pamamagitan ng pag-ibig at pagsunod sa Ama, ang mga mananampalataya ay mananagumpay rin sa pamamagitan Niya (cf. I Juan 2:13-14; 4:4; 5:4-5; Pahayag 3:21; 12:11).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang koneksyon sa pagitan ng mga kabanata 15 at kabanata 16?
2. Sa kaugnayan sa talata 5, paano natin mauunawaan ang 13:36?
3. Ano ang ministeryo ng Banal na Espiritu sa naliligaw na sanglibutan?
4. Ano ang ministeryo ng Banal na Espiritu sa mga mananampalataya?
5. Bakit ang mga talata 26-27 ay sadyang napakahalagang katotohanang kailangan ayon sa kaliwanagan ng modernong denominasyonal na mga pagkahilig?

# JUAN 17

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Panalangin ni Hesus | Si Hesus ay Nanalangin para sa Kanyang Sarili | Ang Makapunong Saserdote na Panalangin ni Hesus | Si Hesus ay Nanalangin para sa Kanyang mga Alagad | Ang Panalangin ni Hesus |
| 17:1-5 | 17:1-5 | 17:1-5 | 17:1-5 | 17:1-23 |
| | Si Hesus ay Nanalangin para sa Kanyang mga Alagad | | | |
| 17:6-19 | 17:6-19 | 17:6-19 | 17:6-8 | |
| | Si Hesus ay Nanalangin para sa Lahat ng Mananampalataya | | 17:9-19 | |
| 17:20-26 | 17:20-26 | 17:20-24 | 17:20-23 | |
| | | | 17:24-26 | 17:24-26 |
| | | 17:25-26 | | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

### MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-26

A. Makasaysayang Tagpuan
   1. Ang kabanatang ito ay Makapunong Saserdoteng panalangin ni Hesus para sa
      a. Kanyang Sarili (vv. 1-5)
      b. Kanyang mga alagad (vv. 6-19)
      c. panghinaharap na mga alagad (vv. 20-26)
      
      Ito ay ibinigay sa isang matapang na kapaligiran, hindi pagbibitaw (cf. 16:33).
   2. Ito ang naitalang pinakamahabang panalangin ni Hesus.
   3. Ang kabanatang ito ay napakahirap na hatiin ayon sa mga paksa sapagkat ang parehong mga tema ay binanggit ng paulit-ulit, na isang katangian sa mga kasulatan ni Juan. Ito ay kagaya ng tapiserya ng pabalik-balik na tularan. Ang susing mga salita ay mga "luwalhati," "magbigay," "makilala," "isinugo," "pangalan," "ang sanglibutan," at "isa."
   4. Walang pagbanggit sa Banal na Espiritu sa kabanatang ito. Hindi ito karaniwan dahil sa Kanyang katanyagan sa mga kabanata 14-16.

B. Mga Katangian ng mga Alagad sa mgaTalata 6-19
1. Sila ay mga hinirang
2. Sila ay mga masunurin
3. Kilala nila ang Diyos at si Kristo
4. Tinatanggap nila ang katotohanan
5. Sila ay ipinanalangin ni Hesus
6. Sila ay nananatili sa sanglibutan
7. Sila ay iniingatan ng Kanyang kapangyarihan
8. Sila ay iisa gaya ng ang Ama at si Hesus ay iisa
9. Sila ay may Kanyang kagalakan
10. Sila ay hindi sa mundong ito
11. Sila ay inilaan sa pamamagitan ng katotohanan
12. Sila ay isinugo gaya ng Siya ay isinugo
13. Sila ay inibig gaya ng Ama ay inibig si Hesus

C. Ang salitang "kaluwalhatian" sa Juan
1. Mayroong lagpas na mga 25 Hebreo mga salita na isinalin sa pamamagitan ng Griyegong salita *doxa* sa Septuagint (LXX). Ang pangunahing OT salita ay *kabod*, na ibig sabihin ay "naiiba," "bigat," "kabigatan," "kahalagahan," "reputasyon," "karangalan," o "katingkaran/kaningningan."
2. Ang Griyegong salita *doxa* ay nagmumula sa PANDIWA "mag-isip" sa pakahulugan ng reputasyon.
3. Mayroong magkakaibang kahulugan ng salitang ito sa Juan
   a. banal na kaluwalhatian (cf. vv. 5,24; 1:14; 12:41; 12:16)
   b. ang kapahayagan ng Ama sa pamamagitan ng mga tanda, katuruan, at mga gawa sa Linggo ng Pasyon ni Hesus (cf. vv. 4,10,22; 1:14;2:11; 7:18; 11:4,40)
   c. partikular ang krus (cf. vv. 1,4; 7:39; 12:23; 13:31-32)

   Mayroong ilang halatang pagkalikido sa pagitan ng pagkakagamit ng mga ito. Ang sentral na katotohanan ay ang hindi nakikitang Diyos ay nahayag sa katauhan (i.e., Hesus Kristo) sa pamamagitan ng Kanyang mga salita at mga gawa.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 17:1-5

**[1]Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Hesus; at sa pagtingala ng kaniyang mga mata sa langit, ay sinabi niya, "Ama, dumating na ang oras; luwalhatiin mo ang iyong Anak, upang ikaw ay luwalhatiin ng Anak: [2] Gaya ng ibinigay mo sa kaniya ang kapamahalaan sa lahat ng laman, upang bigyan niya ng buhay na walang hanggan ang lahat ng ibinigay mo sa kaniya. [3] At ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Hesuskristo. [4]Niluwalhati kita sa lupa, pagkaganap ko ng gawa na ipinagawa mo sa akin. [5]At ngayon, Ama, luwalhatiin mo ako sa iyo rin ng kaluwalhatiang aking tinamo sa iyo bago ang sanglibutan ay naging gayon.**

**17:1 "Ang mga bagay na ito ay sinalita ni Hesus"** Ito ay dapat na tumutukoy sa talakayan sa itaas ng silid sa mga kabanata 13-16.

▣ **"sa pagtingala ng Kaniyang mga mata sa langit"** Ito ang karaniwang Hudyong pustura para sa pananalangin: mga kamay, ulo, at bukas ang mga mata na nakataas tungo sa kalangitan na waring nakikipag-usap sa Diyos (cf. 11:41; Marcos 7:34; Lucas 18:13; Awit 123:1). Si Hesus ay nananalangin ng madalas. Ito ay malinaw na naitala sa Ebanghelyo ni Lucas 3:21; 5:16; 6:12; 9:18, 28; 11:1; 22:41-45; 23:34.

▣ **"Ama"** Si Hesus ay karaniwang tinatawag ang Diyos sa pamamagitan ng salitang ito (cf. 11:41; 12:27,28; Mateo 11:25-27; Lucas 22:42; 23:34). Si Hesus ay nagsasalita ng Aramaic. Ang Aramaic na salita ni Hesus ay *Abba*, na kung saan ay ginagamit ng bata para sa kanyang ama kapag nasa bahay, "Tatay" (cf. Marcos 14:36). Ito ay dapat na nakabigla at nakasakit ng damdamin sa mga hindi-alagad ni Hesus!

▣ **"dumating na ang oras"** Ito ay nagpapakita na si Hesus ay alam ang layunin at pagsasaoras ng Kanyang ministeryo (cf. 2:4; 7:6,8,30; 8:20; 12:23; 13:1). Hindi Siya napapangunahan ng hindi nalalamang mga pangyayari.

▣ **"luwalhatiin ng Anak"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Si Hesus ay laging tumutukoy sa Kanyang kamatayan sa kaparehong mga salita sa Juan (cf. v. 4;7:39; 12:23; 13:31-32). Ang salitang ito ay nauugnay rin sa pre-eksistens na pagkadiyos ni Hesus (cf. 1:14 and vv. 5,24). Ang mga pagkilos ni Hesus ay nakapagbigay lugod sa Ama. Mayroong pagpapalitan! Tignan

puna sa 1:14 at Kontekstwal na mga Kaunawaan, C. Para sa "Anak" tignan Natatanging Paksa sa I Juan 3:8. Mayroong manuskriptong baryante na kaugnay sa "Anak."

1. Anak na may kasamang PANTUKOY ay lumitaw sa MSS $P^{60}$, א, B, $C^*$, W
2. Anak na may kasamang DYENTIBO PANGHALIP ay lumitaw sa MSS A, D, $C^2$

   Ang $UBS^4$ ay nagbibigay sa anyo #1 na "B" na antas (halos tiyak).

**17:2 "kapamahalaan sa lahat ng laman"** Ito ay isang kahanga-hangang pananalita ng isang mahirap na karpentero (cf. Juan 5:27; Mateo 11:27; 28:18; Lucas10:22). Ang salitang "kapamahalaan" (*exousia*) ay siya ring kaparehong ginamit sa 1:12; 5:27; 19:10,11. Ito ay maaring isalin bilang "legal na karapatan," "awtoridad,"o "kapangyarihan." Ang parirala "lahat ng laman" ay PANG-ISAHAN (isang Hebreong idyoma na tumutukoy sa sangkatauhan, cf. Genesis 6:12; Awit 65:2; 145:21; Isaias 40:5; 66:23; Joel 2:28).

▣**"ang lahat ng ibinigay Mo sa Kaniya"** Ang salita "ang lahat ng" ay PAMBALAKI at PANG-ISAHAN (cf. 7,24), na nakapokus sa mga alagad, ang katawan ni Kristo, hinid mga indibidwal! Ang PANDIWA ay GANAP NA TAHAS NA INDIKATIBO na nagsasalita sa isang namamalaging kaloob o regalo! Ang pariralang ito ay naninindigan sa kaalaman sa simula pa lamang at paghirang o eleksyon (cf. vv. 6, 9, 12; 6:37, 39; Roma 8:29-30; Efeso 1:3-14). Sa OT ang paghirang o eleksyon ay para sa paglilingkod, habang sa NT ito ay para sa espiritwal, kasiguraduhan, at eternal na kaligtasan. Ang mga mananampalataya ay tinawag rin sa paglilingkod. Ang Eleksyon o paghirang ay hindi ang tanging banal na pagkilos, ngunit dapat ay may tipanan kadugtong sa makataong responsibilidad. Ito ay hindi nakapokus sa kamatayan, ngunit sa buhay! Ang mga mananampalataya ay pinili para sa "kabanalan" (cf. Efeso 1:4), hindi para sa isang pribilehiyong katayuan. Ang pariralang ito ay hindi dapat na maunawaan na gaya ng pagbibigay sa ilang mga tao at sa iba ay hindi.

## NATATANGING PAKSA: ELEKSYON O PAGHIRANG

Ang eleksyon ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunit isang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salita ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohiko na tensyon na ito ay matatagpuan sa Efeso 1:4. Si Hesus ay piniling tao ng Diyos at lahat ay potensyal na pinili sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga responsibilidad! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan! Ang mga doktrina ay dumating na may kaugnayan sa iba pang mga katotohanan, hindi bilang isang nag-iisa, di magka-ugnay na katotohanan. Isang magandang pagkakatulad ay ang konstelasyon at nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagprepresenta ng katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning, dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon na nagdulot ng dialektikal na(kabalintunaang) pares ng doctrinal na mga katotohanan (ang pagiging transendensiya ng Diyos laban sa Diyos na imanente. Hal.: Katiyakan laban pagtitiis; Hesus bilang kapantay ng Ama laban Hesus bilang nagpapasakop sa Ama; Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad sa isang tipanan kapareha; atbp.).

Ang teolohiko na konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

▣ **"bigyan Niya ng buhay na walang hanggan"** Walang hanggang buhay ay kaloob mula sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo (cf. 5:21,26; 6:40,47; 10:28; I Juan 2:25; 5:11). Ito ay nangangahulugang "makadiyos na pamumuhay," "bagong panahong buhay," o "muling pagkabuhay na pamumuhay." Hindi ito unang-una na kabuuan, ngunit kalidad o dami (cf. 10:10).

**17:3 "ito ang buhay na walang hanggan"** Ang paliwanag na ito ng "walang hanggang buhay" ay isiningit ni Juan. Angs talatang ito ay nagpapakita ng dalawang pangunahing mga katotohanan ng Kristyanismo: (1) monoteismo (cf. Deuteronomiyo 6:4-6) at (2) si Hesus bilang ang Davidik na Mesias (cf. II Samuel 7). Ang "walang hanggang buhay" na ito ay hindi isang bagay na nakalaan para sa panghinaharap ngunit makukuha ngayon kay Hesukristo.

▣ **"na ikaw ay makilala nila"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI. Hindi ito tumutukoy lamang sa kognitibong kaalaman patungkol sa Diyos, bagamat mayroong katotohanan na dapat na panindigan, ngunit ito ay ginamit sa

Semitikong pakahulugan ng personal na ugnayan. Gayunpaman, ang katotohanan ay si Hesus ay ang Mesias, ang ganap atkompletong kapahayagan ng iisa at tunay na Diyos (cf. 1:12,14; Colosas 1:15; Hebreo 1:3), at ang mga indibidwal ay dapat na panampalatayaan, magsisi, sumunod, at magtiiis sa Kanya.

▣ **"na iisang Diyos na tunay"** Ang OT Ay naiiba sa kanyang pagsasaysay sa pag-iiral ng isa at tanging nag-iisang Diyos (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomiyo 4:35,39; 6:4; 33:26; I Samuel 2:2; II Samuel 7:22; I Hari 8:23; Isaias 37:20; 44:6,8; 45:6-7,14,18,21,22; 46:9; Juan 5:44; I Corinto 8:4,6; I Timoteo 1:17; 2:5; Judas v. 25). Sa kainaman dapat na sabihin na ang pagpapakilala ng OT sa natatangi at pag-iisa ng Diyos ay itinakda laban sa senaryo ng pananaw ng Ancient Near Eastern sa maraming mga espiritwal na nabubuhay. Mayroon lamang iisang Diyos, ngunit ibang mga espirtiwal na nabubuhay (cf. Exodo 15:11; Deuteronomiyo 3:24; Awit 86:8; 89:6).

## NATATANGING PAKSA: MONOTEISMO

Ang konsepto ng "Monoteismo" (isa at nag-iisang Diyos), hindi lamang ang "mataas na Diyos" ng poliyetismo o ang mabuting Diyos ng dualism ng mga Iranian (Zoroastrianismo), ay natatangi sa Israel (Abraham, 2000 B.C.). Maliban sa isa bihirang eksepsyon sa Ehipto (Amenhotep IV, ay kilala rin bilang Akhenaten, 1367-1350 or 1386-1361 B.C.).

Ang konseptong ito ay ipinahayag sa ilang mga parirala sa OT.

1. "walang kagaya ni YHWH ating *Elohim*," Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomiyo 33:26; I Hari 8:23
2. "wala ng iba maliban sa Kanya," Deuteronomiyo 4:35,39; 32:39; I Samuel 2:2; II Samuel 22:32; Isaias 45:21; 44:6,8; 45:6,21
3. "YHWH ay iisa," Deuteronomiyo 6:4; Roma 3:30; I Corinto 8:4,6; I Timoteo 2:5; Santiago 2:19
4. "walang kagaya mo," II Samuel 7:22; Jer. 10:6
5. "Ikaw lamang ang nag-iisang Diyos," Awit 86:10; Isaias 37:16
6. "Bago pa man Ako walang ibang Diyos ang nabuo, at walang iba pagkatapos Ko," Isaias 43:10
7. "wala ng iba na kagaya ko; maliban sa Akin. . .walang ng iba," Isaias 45:5,6,22
8. "wala ng iba, walang ng ibang Diyos," Isaias 45:14,18
9. "wala ng iba maliban sa akin" Isaias 45:21
10. "Wala ng iba;. . .wala ng kagaya ko," Isaias 46:9

Dapat na tanggapin na ang mahalaga na doktrinang ito ay ipinahayag sa progresibong mga kaparaanan. Ang mga naunang mga pananalita ay maaring maunawaan bilang "henoteismo" o praktikal na Monoteismo (mayroong ibang mga diyos, ngunit tanging ang Diyos ay para sa atin, cf. Exodo 15:11; 20:2-5; Deuteronomiyo 3:28; 5:7; 6:4,14; 10:17; 32:12; I Hari 8:23; Awit 83:18; 86:8; 136:1-2).

Ang unang mga teksto na nagsimulang magpakilala ng PANG-ISAHAN (pilosopikal na Monoteismo) ay naunang (cf. Exodo 8:10; 9:14; Deuteronomiyo 4:35,39; 33:26). Ang ganap at kompletong pag-aangkin at matatagpuan sa Isaias 43-46 (cf. 43:11; 44:6,8;45:7,14,18,22; 46:5,9).

Ang NT ay nagpapahiwatig ng Deuteronomiyo 6:4 sa Roma 3:30; I Corinto 8:4,6; Efeso 4:6; I Timoteo 2:5; at Santiago 2:19. Si Hesus ay nagbabanggit nito bilang ang unang kautusan sa Mateo 22:36-37; Marcos 12:29-30; Lucas 10:27. Ang OT, at gayon din ang NT, ay nagsasaysay ng realidad ng ibang mga espiritwal na mga nilalang (mga demonyo, mga anghel),ngunit iisang manlilikha/manunubos ang Diyos (YHWH, Genesis 1:1).

Ang Biblikal na Monoteismo ay may mga katangian na ang

1. Diyos ay iisa at natatangi (ontology is assumed, not specified)
2. Diyos ay personal (cf. Genesis 1:26-27; 3:8)
3. Diyos at etikal (cf. Exodo 34:6; Neh. 9:17; Awit 103:8-10)
4. Diyos ay nilalang ang mga tao ayon sa Kanyang imahe (Genesis 1:26-27) para sa pakikisama (i.e., #2). Siya ay isang mapanibughong Diyos (cf. Exodo 20:2-3)

Mula sa NT

1. Diyos ay may tatlong eternal, personal na mga manipestasyon (tignan Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa 8:11)
2. Diyos ganap na ganap at kompletong kompleto naipahayag kay Hesus (cf. Juan 1:1-14; Colosas 1:15-19; Hebreo 1:2-3)
3. eternal na plano ng pagtutubos ng Diyos para sa makasalanang sangkatauhan ay ang sakripisyong pag-aalay ng Kanyang natatanging Anak (Isaias 53; Marcos 10:45; II Corinto 5:21; Filipos 2:6-11; Hebreo)

Sa pakahulugan ilang mga OT mga sipi ay nagpapakita ng henoteismo (maraming mga diyos [elohim], ngunit tanging iisang Diyospara sa Israel). Nakikilala ni Moises ang ibang mga espirtiwal na nilalang. Hindi ito pagsasaad na ang mga idolo ng mga bayan ay tunay, subalit ang mga demonyo na nasa likod ng mga pisikal na diyus-diyosan. (cf. I Corinto 10:19-20).

Ang ibang PANG-URI ay "tunay" (*alēthinos*). Ang salitang ito at mga kaugnay na mga salitang (*alēthēs*) ay ginamit ng napakadalas sa mga kasulatan ni Juan, subalit napakahirap na maisara ang kanilang mga kahulugan. Mayroon silang malawak na kahulugan (semantikong larangan). Ang OT metaporikal na pinanggalingan ay dapat na mapagkakatiwalaan, matapat, at may katapatan (mula *emeth)*. Ang Griyegong pinanggalingan ay dapat na matanggalan ng takip, malinawa na maipakita. Sa

ilang mga pakahulugan ang katotohanan ay kabaligtaran ng kasinungalingan (cf. Tito 1:2). Ang *inos* na nagtatapos sa Griyegong salita na (*alēthinos*) ay nagpapakita na mula rito isang bagay ang nagawa. Maaaring ang mga sumusunod na mga pagkakagamit at magbigay ng pangkalahatang damdamin para sa mga salita.

## NATATANGING PAKSA: "TUNAY" (ANG SALITA) SA MGA KASULATAN NI JUAN

1. Ang Diyos Ama
   a. Diyos ay tunay/magapagkakatiwalaan (cf. Juan 3:33; 7:18,28; 8:26; 17:3; Roma 3:4; I Thesalonica 1:9; I Juan 5:20; Pahayag 6:10)
   b. Ang mga paraan ng Diyos ay tunay (cf. Pahayag 15:3)
   c. Ang paghahatol ng Diyos ay tunay (cf. Pahayag 16:7; 19:2)
   d. Ang mga pananalita ng Diyos ay tunay(cf. Pahayag 19:11)
2. Ang Diyos Anak
   a. ang Anak ay totoo/katotohanan
      1) tunay na ilaw (cf. Juan 1:9; I Juan 2:8)
      2) tunay na puno ng ubas (cf. Juan 15:1)
      3) puno ng biyaya at katotohanan (cf. Juan 1:14,17)
      4) Siya ay katotohanan (cf. Juan 14:6; 8:32)
      5) Siya ay tunay (cf. Pahayag 3:7,14; 19:11)
   b. ang testimonya/patotoo ng Anak ay totoo (cf. Juan 18:37)
3. Ito ay maaring may maikukumparang kahulugan
   a. ang batas ni Moises laban sa biyaya at katotohanan ni Hesus (cf. Juan 1:17)
   b. ang tabernakulo sa ilang laban sa makalangit na tabernakulo (cf. Hebreo 8:2; 9:1)
4. Gaya ng madalas sa Juan ang salitang ito ay mayroong ilang mga konotasuon(Hebraic at Griyego). SiJuan ay ginagamit ang mga ito upang ilarawan ang Ama at ang Anak, bilang mga persona, bilang mga tagapagsalita, na gaya ng kanilang mensahe na ipinasa sa kanilang mga alagad (cf. Juan 4:23;19:35; Hebreo 10:22; Pahayag 22:6).
5. Para kay Juan ang dalawang mga PANG-URI ito ay naglalarawan sa Ama bilang isa at tanging mapagkakatiwalaan Diyos (cf. 5:44; I Juan 5:20) at si Hesus bilang Kanyang tunay at ganap na kapahayagan para sa layunin ng pagtutubos, hindi lamang kognitibo, mga katotohanan!

▣ **"at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga'y si Hesuskristo"** Ito marahil ay isang editoryal na komento ni Juan. Ito ay pagbibigay-diin kay Hesus bilang "isinugo"mula sa Ama ay ang pabalik-balik na pataas na dualism ni Juan (cf. 3:17,34; 5:36,38; 6:29,38,57; 7:29; 8:42; 10:36; 11:42;17:3,8,18,21,23,25;20:21). Ang mga rabi ay ginamit ang salitang *apostellō* upang tukuyin ang using isinugo bilang isang opisyal na kinatawan. Tigna Natatanging Paksa: Isinugo o Ipinadala (*Apostellō*)sa 5:24.

**17:4 "Niluwalhati Kita sa lupa"** (Tignan puna sa 13:32). Ang salitang "niluwalhait" ay maaring ginamit sa pakahulugan na (1) "magbigay luwalhati sa " o (2) "ipahayag ang kaluwahatian ." Ang Talata 6 ay nagpapahiwatig ng #2. Isa sa pinakamahalagang tungkulin ni Hesus ay ipahayag ang Ama (cf. 1:14,18).

▣ **"pagkaganap ko ng gawa na ipinagawa mo sa akin"** Ang Griyegong ugat, *telos*, ay nagpapahiwatig ng "kompletohing lubos" (cf. 4:34; 5:36; 19:30). Ang gawain ay pantatluhan.

1. kapahayagan ng Ama (cf. 1:14,18)
2. katubusan ng sangkatauhan (cf. Marcos 10:45; II Corinto 5:21)
3. isang halimbawa ng tunay na pagkatao (cf. 13:31; I Pedro 2:21)
4. gayundin, ang tungkulin ng pamamagitan ni Hesus ay nagpapatuloy (cf. I Juan 2:1; Hebreo 7:25; 9:24).

**17:5 "luwalhatiin. . . kaluwalhatiang"** Ang talatang ito ay nagbibigay diin sa pre-eksistens ni Kristo (cf. 1:1,15; 6:62; 8:58; 16:28; 17:11,13,24; II Corinto 8:9; Filipos 2:6-11; Colosas 1:17; Hebreo 1:3; 10:5-8). Si Hesus ay naipahayag ang "kaluwalhatiaan" sa mga alagad sa pamamagitan ng Kanyang mga tanda at mga himala (cf. 1:14; 2:11;11:4,40; 12:28). Ngayon ang sukdulang "kaluwalhatian" ay ang Kanyang kamatayan, muling pagkabuhay, pag-akyat sa langit pabalik sa kaluwalhaitan ng langit (cf. v. 24; Filipos2:5-6). Ang PANDIWA ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS na ginamit bilang kahilingan sa Ama. Tignan buong puna sa "kaluwalhatian" sa 1:14.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 17:6-19

6 **"Ipinahayag ko ang iyong pangalan sa mga tao na ibinigay mo sa akin mula sa sanglibutan: sila'y iyo, at sila'y ibinigay mo sa akin; at tinupad nila ang iyong salita.**
7 **Ngayon ay nangakilala nila na ang lahat ng mga bagay na sa akin ay ibinigay mo ay mula sa iyo:**
8 **Sapagka't ang mga salitang sa akin ay ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; at kanilang tinanggap, at nangakilala nilang tunay na nagbuhat ako sa iyo, at nagsipaniwalang ikaw ang nagsugo sa akin.**
9 **Idinadalangin ko sila: hindi ang sanglibutan ang idinadalangin ko, kundi yaong mga sa akin ay ibinigay mo; sapagka't**

**sila'y iyo: [10]At ang lahat ng mga bagay ay iyo, at ang mga iyo ay akin: at ako'y lumuluwalhati sa kanila. [11]At wala na ako sa sanglibutan, at ang mga ito ay nasa sanglibutan, at ako'y pariringan sa iyo. Amang Banal, ingatan mo sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman natin. [12]Samantalang ako'y sumasa kanila, ay iningatan ko sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin: at sila'y binantayan ko, at isa man sa kanila'y walang napahamak, kundi ang anak ng kapahamakan; upang matupad ang kasulatan. [13]Nguni't ngayon ay napaparitriyan ako sa iyo; at sinasalita ko ang mga bagay na ito sa sanglibutan, upang sila'y mangagtamo ng aking kagalakang ganap sa kanila rin. [14]Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita: at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagka't hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan. [15]Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama. [16]Hindi sila taga sanglibutan, na gaya ko naman na hindi taga sanglibutan. [17]Pakabanalin mo sila sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan. [18]Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan, sila'y gayon ding sinusugo ko sa sanglibutan. [19] At dahil sa kanila'y pinabanal ko ang aking sarili, upang sila naman ay mangagpakabanal sa katotohanan."**

**17:6 "Ipinahayag Ko ang Iyong pangalan"** Ang Hebreong mga panagalan ay nangangahulugang magpakita ng karakter (cf. vv. 11,12,25-26; Awit 9:10). Ang pariralang ito ay nagsasaad din sa teolohiko na ang makita si Hesus ay ang makita ang Diyos (cf. Juan 1:18; 12:45; 14:8-11; Colosas 1:15; Hebreo 1:3).

Ang "pangalan" ay gumaganap ng isang mahalagang teolohiko na bahagi sa usapan sa itaas na silid (cf. 14:13,14,26; 15:16,21; 16:23,24,26; 17:6, 11,12,26). Sa kabanata 17 dalawang naiibang mga titulo ang ginamit sa Diyos.

1. Banal na Ama, v. 11
2. Matuwid na Ama, v. 25

▣ **"sa mga tao na ibinigay mo sa Akin"** Sa teolohiko ito ay nagsasalita patungkol sa eleksyon o paghirang (cf. vv. 2,9,24; 6:37,39). Wala ni isa na makakalapit maliban sa

1. ibinigay ng Diyos
2. ang Espiritu ang nag-udyok (6:44,65)
3. sila ay tumaggap (1:12); nanampalataya (3:16)

▣ **"tinupad nila ang Iyong salita"** Ang pagsunod ay mahalaga (cf. 8:51,55; 14:23; 15:10,20). Ito ay ginamit sa magkaparehong pakahulugan sa OT "walang kasalanan" (cf. Noah, Genesis 6:9; Abraham, Genesis 17:1; Israel, Deuteronomiyo 18:13; Job, Job 1:1). Hindi ito nagpapahiwatig ng perpektong pagsunod o kawalang kasalanan, ngunit isang pagnanasa na makinig at gawin lahat ng ipinahayag, sa kasalukuyan ito ay tumutukoys sa pananampalataya ng mga alagad kay Hesus, pananatili kay Hesus, at pagmamahalan sa bawat isa gaya ng pagmamahal ni Hesus sa kanila.

**17:7 "nangakilala nila"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA INDIKATIBO na sinusundan ng "na" (*hoti*), na tumutukoy sa nilalaman ng isang mensahe. Para sa paggamit ni Juan ng "*hoti*" tignan Natatanging Paksa sa 2:23, #4.

▣ **"na ang lahat ng mga bagay na sa akin ay ibinigay mo ay mula sa iyo"** Si Hesus ay nagsalita kung anu ang naipahayag sa Kanya ng Ama (cf. v. 8; 7:16; 12:48-49).

**17:8 "at kanilang tinanggap"** Tinanggap nila ang mensahe ni Hesus patungkol sa Diyos. Walang TAHAS NA LAYON ang isinaad. Sa 1:12 ang TAHAS NA LAYON ng tanggapin/tumanggap ay tumukoy kay Hesus mismo; dito, ito ay mensahe patungkol sa Diyos na dinala ni Hesus (cf. v. 4). Ito ay nagpapakinang sa kambal na mga aspeto ng ebanghelyo bilang (1) isang persona at (2) isang mensahe.

▣ **"kanilang tinanggap. . . angakilala nilang"** Ang mga ito ay AORIST TAHAS NA MGA INDIKATIBO. Ang mga katotohanang ito ay tumutukoy sa banal na pinagmula at mensahe ni Hesus (cf. 5:19; 6:68-69; 12:48-49; 16:30; 17:18,21,23,25).

**17:9 "Idinadalangin ko sila"** Si Hesus ang ating Tamapagitan (cf. I Timoteo 2:5; Hebreo 8:6; 9:15; 12:24) at Tagapagtaguyod (cf. I Juan 2:1). Ang Ama ay kasangkot din sa mga tungkuling ito (cf. 16:26-27), gaya ng Espiritu (cf. Roma 8:26-27). Ang lahat ng tatlong Persona ng Trinidad ay kasangkot sa lahat ng aspeto ng pagtutubos.

▣ **"ang sanglibutan"** Ang *Kosmos* ay ginamit ng labingwalong beses sa kabanatang ito. Si ay nagpapamalasakit Hesus para sa (1) planeta (cf. 17:5,24) at (2) sa ugnayan ng mga mananampalataya sa kanyang pagiging makasalanan (cf. 1:10; 17:6,9,11,13,14, 15,16,17,18,21,23). Sa mga kasulatan ni Juan ang salitang ito ay natatanging may kahulugan na "pantaong lipunan na naorganisa at gumagawa ng hiwalay sa Diyos." Minsa ito ay nagpapahiwatig ng (1) ang planeta; (2) lahat ng buhay sa planeta; o (3) o buhay na hiwalay sa Diyos. Tignan Natatanging Paksa sa 14:17.

**17:10 "At ang lahat ng mga bagay ay iyo, at ang mga iyo ay akin"** Ito ay nagpapakit ang pagkakaisa ng Trinidad (cf. vv. 11, 21-23; 16:15). Para sa Trinidad tignan Natatanging Paksa sa 14:26.

▣ **"ako'y lumuluwalhati sa kanila"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA INDIKATIBO. Ang buhay ng alagad ay nag magbigay ng karangalang kay Hesus gaya ng pagbibigay Niya ng karangalan sa Ama. Anung kahanga-hangang repsonsibilidad!

**17:11 "At wala na ako sa sanglibutan"** Ito ay tumutukoy sa (1) ang kagyat na hinaharap (pag-akyat sa langit) kung kailan si Hesus ay babalik sa Ama (cf. Mga Gawa 1:9-10) o (2) ang pampublikong ministeryo ni Hesus.

▣ **"Amang Banal"** Ang salitang ito ng "banak" ay ginamit lamang sa Ama dito sa NT (Gayundin ito ay ginamit sa titulo, "Banal na Isa," I Pedro 1:15) gaya ng sa OT. Ang PANG-URI (*hagios*) na ito ay iniaatang din sa Espirtu (cf. 1:33; 14:26; 20:22). Ang kaparehong Griyegong ugat ay ginamit sa mga alagad sa v. 17 (*hagiasmos*) at Hesus sa v. 19 (*hagiazō*).

Ang karaniwang etimolohiya ng ugat ay "ihiwalay para sa paglilingkod sa Diyos" (cf. vv. 17,19). Ito ay ginamit sa mga persona, mga lugar, at mga bagay na ibinigay ng eksklusibo para sa paggamit ng Diyos. Ito ay naglalarawan sa transendensiyang karakter ng Diyos (ang Banal na Isa ng Israel) at ang pagkakaiba ng pisikal, makalupa, at makasalang mga bagay. Si Hesus ay banal; habang ang Kanyang mga alagad ay nagiging mas kagaya Niya, sila rin ay nagpapakita ng "kabanalan." Ang ugat ng salita "taong banal" ay mula sa Griyegong salita "banal." Ang mga mananampalataya ay banal sapagkat sila ay na kay Kristo, ngunit sila nagiging banal habang sila ay namumuhay para sa Kanya, kagaya Niya, at patungo sa Kanya.

## NATATANGING PAKSA: BANAL

I. Ang Lumang Tipan
   A. The etimolohiya ng salitang *kadosh* (BDB 872) ay hindi tiyak, maaaring . Maaaring ito ay bahagi ng (i.e., kd) na nagangahulgang "hatiin." Ito ay pinanggalingan ng popular kahulugan ng "hiniwalay" (mula sa kultura ng Canaanite , cf. Deuteronomiyo 7:6; 14:2,21; 26:19) for Diyos's use."
   B. Ito ay nauugnay sa presensya ng Diyos sa mga bagay, lugar, panahon, at mga tao. Hindi ito ginamit sa Genesis, ngunit naging karaniwan sa Exodus, Leviticus, and Numbers.
   C. Sa Propesiyang literatura (lalo na ang Isaias at Hosea) ang personal na element ng naunang ay nagpapakita, ngunit hindi binigyan diin ay nagmumula sa unahan. Ito ay naging daan ng pagtatalaga ng esensya ng Diyos (cf. Isaias 6:3). Ang Diyos ay banal. Ang Kanyang pangalan ay kumakatawan sa Kanyang karakter na Banal. Ang Kanyang mga tao na nagpapahayagn ng Kanyang karakter sa nangangailangang mundo ay banal (kung sila ay susunod sa tipanan sa pamamagitan ng pananampalataya).
   D. Ang habag at pag-ibig ng Diyos ay hindi mapaghihiwalay mula sa teolohiko na mga konsepto ng tipanan, kataruan, at esensyal na karakter. Narito ay ang tensyon sa Diyos tungo sa di-banal, makasalanan, mapaghimagsik na sangkatauhan. Mayroong napakanakakaaliw na PANTUKOY sa ugnayan sa pagitan Diyos bilang "mahabagin" at Diyos bilang "banal" sa akalat ni Robert B. Girdlestone, *Synonyms of the Old Testamen*, pp. 112-113.

II. Ang Bagong Tipan
   A. Ang mga manunulat ng NT (maliban kay Lucas) ay mga Hebreo mang-iisip, ngunit naimpluwensayahan ng Koineng Griyego (i.e., ang Septuagint). Ang Griyegong salit ng OT, hindi Klasikal na Griyegong literatura, kaisipan, o relihiyon ang nagkokontrol sa kanilang talasalitaan.
   B. Si Hesus ay banala sapagkat Siya ay Diyos at gaya ng Diyos (cf. Lucas 1:35; 4:34; Mga Gawa 3:14; 4:27,30). Siya ay Banal at Isang Matuwid (cf. Mga Gawa 3:14; 22:14). Si Hesus ay banal sapagkat Siya ay walang kasalanan (cf. Juan 8:46; II Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26;I Pedro 1:19; 2:22; I Juan 3:5).
   C. Sapagkat ang Diyos ay banal, ang Kanyang mga anak ay dapat maging banal (cf. Levitico 11:44-45; 19:2; 20:7,26; Mateo 5:48; I Pedro 1:16). Sapagkat si Hesus ay banal, ang Kanyang mga alagad ay dapat na maging banal (cf. Roma 8:28-29; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efeso 1:4; I Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15). Ang mga Kristyano ay iniligtas upang maglingkod ayon sa wangis ni Kristo (kabanalan).

▣ **"ingatan mo sila sa iyong pangalan"** Si Hesus ay nananalangin (AORIST TAHAS NA PAUTOS) para sa pagpapalaka proteksyon at personal na presensya na ibinigay ni YHWH sa Kanya (GANAP TAHAS NA INDIKATIBO) na nakalaan sa Kanyang mga alagad (cf. v. 12). Ito ang magbibigay sa kanila ng kakayanan na mag ministeryo sa makasalanang mundo gaya ng pagmiminesteryo Niya sa makasalanang mundo (cf. v. 18). Ito ang isa sa mga benepisyo ng pagkakaisa (cf. v. 21) sa pagitan

1. ng Ama
2. ng Anak
3. ng mga alagad

▣ **"upang sila'y maging isa, na gaya naman natin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PASAKALI. Ito ay tumutukoy sa

ugnayanal na pagkakaisa ng Trinidad Diyos (cf. vv. 21,22,23; 10:30; 14:10). Ito rin ay kamangha-manghang kahilingan at responsibilidad ng mga Kristyano! Ang pagkakatawag na ito ng pagkakaisa ay kulang sa ating panahon (cf. Efeso 4:1-6). Pagkakaisa, hindi pagkakapareho, ang daan upang muling pagsamahin ang nabiyak na iglesya ng Diyos.

**17:12 "iningatan ko sila. . . binantayan ko"** Ang unang PANDIWA ay DI-GANAP NA PANAHUNAN ang ikalawa ay AORIST PANAHUNAN. Ang mga PANDIWA ay mga magkasingkahulugan. Ang puwersa ng pariralang ito ay sa patuloy na proteksyon ni Hesus (cf. I Pedro 1:3-9).

Sa kanyang *Word Studies in the New Testament*, Tomo 1, M. R. Vincent ay gumawa ng pagkakaiba sa pagitan ng dalawang mga salita ito. Sinasabi niya na ang una (*tēreō*) ay nangangahulugang preserbahin at ang ikalawa (*phulassō*) ay nangangahulugang gwardiyahan o bantayan (p. 496).

▣ **"isa man sa kanila'y walang napahamak"** Ito ay nagpapakita ng kapangyarihan ni Hesus sa pagproproteksyon (cf. 6:37,39; 10:28-29).

Ang salitang (*apollumi*) ay napakahirap na maisalin sapagkat ito ay ginamit sa dalawang magkakaibang pakahulugan. Sa kanyang aklat na Theological *Dictionary of the Bagong Tipan*, Tomo 1, Gerhard Kittel ay nagsasabi ng salitang ito , "Sa pangkalahatan maaari nating sabihin na ang 2 at 4 ay nagtataglay ng pananalitang nauugnay sa mundong ito ng gaya ng sa mga Sinoptiko, habang ang 1 at 3 ay nagtataglay yaong may kaugnayan sa susunod na mundo, gaya na kay Pablo at Juan" p. 394. Ang mga kahulugan na kanyang ibinigay ay:

1. "upang mangwasak o pumatayto destroy or kill"
2. "upang mawalan o magdusa mula sa kawalan"
3. "masawi"
4. "upang mawala"

Ang salitang ito ay madalas na ginamit upang isaysay ang doktrina ng paglipol o anihilasyon, na, sinasabi na ang mga hindi naligtas na mga tao ay titigil sa pag-iral pagkatapos ng paghuhukom. Ito ay waring sumusuway saDan. 12:2. Ito rin ay nagmintis sa pagkakaiba sa pagitan ng kahulugang ginamit sa Sinoptikong Ebanghelyo laban sa kina Juan at Pablo, na gumamit ng metaporikal na espiritwal na pagkawala, hindi pisikal na pagkawasak. Tignan Natatanging Paksa sa 10:10.

▣ **"kundi ang anak ng kapahamakan"** Ito ay halatang tumutukoy kay hudas Iscariote. Ang kaparehong pariralang ito ay ginamit sa II Thesalonica 2:3 ng "Tao ng Kasalanan" (pagwakas-na panahong AntiKristo). Ito ang Hebraic na idyoma na may kahulgang "ang isa na itinakdang mapahamak." Ito ay paglalarong salita sa salita "mapahamak" ginamit ng nauna sa talata: "walang mapapahamak maliban na itinakdang mapahamak."

Tignan Natatanging Paksa: Apostasya sa Juan 6:64.

▣ **"upang matupad ang kasulatan"** Ito ay tumutukoy sa Awit 41:9, sinipi sa Juan 13:18; 6:70-71.

**17:13 "Nguni't ngayon ay napaririyan ako sa iyo"** Ito ay tumutukoy sa

1. panalangin ni Hesus (Juan 17)
2. pag-akyat sa langit ni Hesus (v. 11; Mga Gawa 1)

▣ **"sinasalita ko ang mga bagay na ito sa sanglibutan"** Ang pariralang ito ay maaring maidugtong pabalik sa

1. 11:42, pagsasalita ni Hesus ng malakas upang ang iba ay makarinig
2. 15:11, ang mga salita ni Hesus ay direktang may kaugnayan sa "kagalakan" ng mga alagad

▣ **"upang sila'y mangagtamo ng aking kagalakang ganap sa kanila rin"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI at GANAP BALINTIYAK NA PANDIWARI. Anung kahanga-hangang pangako (cf. 15:11; 16:24). Si Juan ay gumagamit muli ng pinakaparirala ito (cf. I Juan 1:4; II Juan 12).

**17:14 "Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita"** Ang salitang "salita" dito ay *logos*. Ang Griyegong kasingkahulugan rhsma ay ginamit sa talata 8. Ito ay paninindigan sa banal na kapahayagan sa pamamagitan ng persona, mga katuruan, at halimbawa ni Hesus. Si Hesus ay ang nagbibigay ng Salita at ang Salita. Ang salita ay parehong personal at kognotibong nilalaman. Maluwag nating pinahihihuntulutan ang Persona ng ebanghelyo at nananampalataya sa mensahe ng ebanghelyo!

▣ **"kinapootan sila ng sanglibutan"** Ang pagtatakwil ng mundo ay isang tanda ng pagtanggap ni Kristo (cf. Juan 15:18-20; I Juan 3:13).

▣ **"sapagka't hindi sila taga sanglibutan"** Ang mga mananampalataya ay nasa sanglibutan, ngunit hindi sumasang ayon sa sanglibutan (cf. v. 16; I Juan 2:15-17).

▣ **"gaya ko naman na hindi taga sanglibutan"** "Ang sanglibutan" at tumutukoy sa makasalanang panahon at tao at mga anghel

na nagrebelyon (cf. 8:23). Ito ay isa na naman halimbawa ng pataas na dualism ni Juan.

**17:15 "Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan"** Ang mga Kristyano ay may misyon sa mundo (cf. v. 18; Mateo 28:19-20; Lucas 24:47; Mga Gawa 1:8). Hindi pa nila panahon para umuwi!

▣
**NASB, NKJV "sa masama"**
**NRSV "ang masama"**
**TEV, NJB "ang isang Masama"**

Ang salitang ito ay alinman sa PAMBALAKI o PANLALAKE. Ang literaturang yunit na ito ay nagbabanggit ng personal na pwersya ng masama ng madalas (cf. 12:31; 13:27;14:30; 16:11), samakatuwid, ang talatang ito, ay gaya ng Mateo 5:37; 6:13; 13:19,38, should be "the evil one" (cf. II Thesalonica 3:3; I Juan 2:13-14; 3:12; 5:18-19). Tignan Natatanging Paksa sa 12:31.

**17:17 "Pakabanalin"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS mula sa ugat na "banal" (*hagios*). Ito ay may kahulugan na

1. Ang mga mananampalataya ay tinawag sa pagiging wangis ni Kristo (cf. v. 19; Roma 8:28-29; II Corinto 3:18; 7:1; Galacia 4:19; Efeso 1:4; 4:13; I Thesalonica 3:13; 4:3,7; 5:23; I Pedro 1:15). Ito lamang ay maaring mangyari sa pamamagitan ng kaalaman sa katotohanan, na parehong buhay na salita (si Hesus cf. 1:1-14) at ang nakasulat na salita (ang Bibliya, cf. 15:3).
2. "Pakabanalin," sa OT na pakahulugan ni, ay karaniwang nangangahulugang "ihiwalay para sa paglilingkod sa Diyos. Ang talata 18 ay nagbibigay linaw sa layunin para sa kanilang pagiging "pinagpaging banal."

Hindi ito katanungan kung ang #1 o #2 ay totoo. Sila ay parehong totoo. Ang buhay ni Hesus ay nagpakita ng pangangailangan ng pareho (cf. v. 19).

Medyo maaari na sa Juan ay may mga alagad na "pinagpaging banal" para sa paglilingkod sa Diyos bilang pagkakatulad sa OT na mga saserdote na hiniwalay para sa paglilingkod sa Diyos. Silay ay nagsisilbong tagapamagitan sa mga OT na mga sakripisyo, ngunit ang mga alagad ay nagsisilbong tagapahayag ng NT na perpekto, isahang para sa lahat na sakripisyo, ni Kristo (tignan ang aklat ng Mga Hebreo, na nagkukumpara sa OT at NT).

▣ **"sa katotohanan: ang salita mo'y katotohanan"** ang katotohanan ay tumutukoy sa mensahe ni Hesus patungkol sa Diyos (cf. 8:31-32). Si Hesus ay tinawag na parehong *(Logos*, cf. 1:1,14) at katotohanan (cf. 14:6) ng Diyos. Ang Espiritu ay madalas na tinutikoy rin na Espiritu ng Katotohanan (cf. 14:17; 15:26; 16:13). Pansinin na ang mga mananampalataya ay pinagpaging banal rin ng katotohanan (cf. v. 19, GANAP NA PASAKALING PANDIWARI) at sa pamamagitan ng Espiritu (cf. I Pedro 1:2). Para sa mas lubusang talakayan sa Griyegong ugat "totoo, katotohanan" tignan Natatanging Paksa sa Katotohanan sa 6:55 at 17:3.

Maaaring ang "Ang Iyong salita ay katotohanan" ay maaring alusyon o sipi mula sa ang LXX ng Awit 119:142, "Ang katuwiran ay magpasawalang hanggang katuwiran, at ang Iyong kautusan ay katotohanan." Tiyak na maaari rin na si Hesus ay nakita bilang

1. ang bagong Moises (Deuteronomiyo 18:15)
2. Kanyang mga alagad bilang mga bagong saserdote (gamit ng PANDIWA "pakabanalin")
3. Kanyang buhay bilang tunay na kapayagan ng iisang tunay na Diyos
4. ang pagkakaisa ng Trinidad na Diyos at ang mga alagad bilang katuparan sa layunin ng nilikha (i.e., Genesis 1:26-27)
5. Si Hesus bilang ang katuparan ng Genesis 3:15

**17:18 "Kung paanong ako'y iyong sinugo sa sanglibutan"** Ang buhay ng pagsunod at paglilingkod ni Hesus, maging sap unto ng kamatayan (II Corinto 5:14-15; Galacia 2:20; I Juan 3:16), ay nagtatakda ng tularan para sa Kanyang mga alagad (cf. v. 19). Isusugo Niya ang mga ito sa naligaw na mundo sa isang misyon gaya ng Siya ay sinugo rin sa 20:21. Sila ay dapat na makipagsagupa sa sanglibutan, hindi makiayon dito. Tignan Natatanging Paksa: Ipinadala o Isinugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**17:19 "pinabanal ko ang aking sarili,"** Ito ay dapat na tumutukoy sa kaugnay na salitang ito sa Kalbaryo! Si Hesus ay itinakda ang Kanyang sarili na gawin ang kalooban ng Ama (i.e., Marcos 10:45).

▣ **"upang sila naman ay mangagpakabanal sa katotohanan"** Ito ay isang *hina* na sugnay (layuning sugnay) na may kasamang PALIGUY-LIGUY NA SALITA GANAP NA PASAKALING PANDIWARI, na nagpapahiwatig na ang resulta ay nangyari na at nagpapatuloy sa pwersya. Gayunpaman, mayroong element ng kawalang katiyakan batay sa

1. sa paparating na gawain ni Kristo sa krus, muling pagkabuhay, at pag-akyat sa langit
2. kanilang nagpapatuloy na pagsisising pananampalatayang pagtugon kay Hesus at sa Kanyang mga katuruan

Tignan Natatanging mga Paksa sa Katotohanan sa 6:55 at 17:3.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 17:20-24

**[20]"Hindi lamang sila ang idinadalangin ko, kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin sa pamamagitan ng kanilang salita; [21] Upang silang lahat ay maging isa; na gaya mo, Ama, sa akin, at ako'y sa iyo, na sila nama'y suma**

**atin: upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo. 22 At ang kaluwalhatiang sa aki'y ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila; upang sila'y maging isa, na gaya naman natin na iisa; 23 Ako'y sa kanila, at ikaw ay sa akin, upang sila'y malubos sa pagkakaisa; upang makilala ng sanglibutan na ikaw ang sa akin ay nagsugo, at sila'y iyong inibig, na gaya ko na inibig mo. 24 Ama, yaong mga ibinigay mo sa akin ay ibig ko kung saan ako naroroon, sila naman ay dumoong kasama ko, upang makita nila ang kaluwalhatian ko, na ibinigay mo sa akin: sapagka't ako'y iyong inibig bago natatag ang sanglibutan. "**

**17:20 "kundi sila rin naman na mga nagsisisampalataya sa akin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN na gumaganap bilang isang PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay tumutukoy sa lahat ng sumusunod na mga mananampalataya at sa 10:16, maging sa mga Hentiles. Tignan Natatanging Paksa sa 2:23.

▣ **"sa pamamagitan ng kanilang salita"** Ito ang salitang *logos*. Sa pagkakagamit nito sa v. 14 at ang kasingkahulugan nito na *rhēma* sa v. 8, ito ay dapat na tumutukoy sa pagpasa ng mga alagad na kapaha-pahayag na mensahe ni Hesus.

**17:21 "Upang silang lahat ay maging isa"** Ang pagkakaisang ito ay walang iba kundi ang pagkakaisa ng Trinidad (cf. v. 11, 22,23; Efeso 4:1-6). Ito ang isa sa mga aspeto ng katuruan ni Hesus na ang Kanyang mga alagad ay <u>hindi</u> nasunod.

▣ **"upang ang sanglibutan ay sumampalataya na ako'y sinugo mo"** Ito ang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI. Ang layunin ng pagkakaisa ay ebanghelismo. Ang talata 23 ay halos ang tiyak na istruktura at pagbibigay diin!

Mayroong tensyon sa panalangin ni Hesus. Hindi Siya nagdasal para sa sanglibutan (cf. v. 9), subalit isinugo Niya ang Kanyang mga alagad sa mundo kasama ng Kanyang mensahe na magdudulot ng kanilang persekusyon sapagkat mahal ng Diyos ang mundo (cf. vv. 21,23; 3:16). Nais ng Diyos na ang buong mundo ay manampalataya (cf. I Timoteo 2:4; Tito 2:11; II Pedro 3:9). Ang Diyos ay nagmamahal sa lahat ng ginawa ayon sa Kanyang imahe at wangis. Si Hesus ay namatay para sa kasalanan ng buong sanglibutan. Tignan Natatanging Paksa: Ipinadala (*Apostellō*) sa 5:24.

**17:22 "At ang kaluwalhatiang sa aki'y ibinigay mo ay ibinigay ko sa kanila"** Ang mga ito ay parehong GANAP NA TAHAS NA MGA INDIKATIBO. Ang kaluwalhatian ay dapat na tumutukoy sa nagpapahayag na mensahe. Sila ay magdadala ng Kanyang salita sa mundo gaya ng pagdadala ni Hesus sa salita ng Ama. Ito ay magdudulot sa kanila ng pagdadala ng Kanyang paghihirap din! A. T. Robertson sa kanyang *Word Pictures in the New Testament*, Tomo V, ay nagsasabi "Ito ay kaluwalhatian ng Nagkatawang taong Salita (cf. 1:14 and 2:11) hindi ang kaluwalhatian ng Walang Hanggang Salita na binaggit sa 17:24" (p. 280). Tigna buong puna sa "kaluwalhatian" sa 1:14.

**17:23 "upang sila'y malubos sa pagkakaisa"** Ito ay *hina* na sugnay na may kasamang PALIGUY-LIGOY NA SALITANG GANAP NA PASAKALI, gaya ng v. 19. Sa v. 19, mayroong element na kawalang katiyakan batay sa (1) paparating na gawain ni Kristo o (2) kanilang nagpapatuloy na pananampalataya. Ang implikasyon ay silay ay pinagkaisa na sa pamamagitan ng kinatawan ni Hesus at ito ay mananatili! Ang layunin ng pagkakaisa ay ebanghelismo.

▣ **"at sila'y iyong inibig, na gaya ko na inibig mo"** Ito ay isang pangako (cf. 16:27 and 14:21,23), ngunit mayroon itong kondisyon. Ang Diyos ay nakikitungo sa mga tao sa pamamaraan ng mga tipanan ("kung. . .magkagayon").Ang pag-ibig (agapeō) ay lumitaw ng walong beses sa Juan 1-12, subalit 31 na beses sa Juan13-17. Ang diyalogo sa itaas na silid ay nagbigay diin sa ipinahayag na karakter ng Diyos Ama sa pamamagitan ng mga salita at pagkilos ng Anak at sa kalaunay pagkatapos, at muling pagkabuhay, at lalo na ang Pentecost, sa pamamagitan ng mga disipulos. Ang Diyos ay pag-ibig (cf. I Juan 4:7-21).

**17:24 "sila naman ay dumoong kasama ko"** Si Hesus na nagbabalik sa kaluwalhatian ay naghahanda ng isang lugar para sa Kanyang mga alagad (cf. 14:1-3). Ang mundong ito ay hindi ating tahanan na gaya Niya rin na hindi! Ito ay Kanyang nilikha (Genesis 1-2) at ito ay muling ipapanumbabalik (Pahayag 21-22).

▣ **"upang makita nila ang kaluwalhatian ko, na ibinigay mo sa akin"** Kapansin-pansin na ang salitang "kaluwalhatian" sa talata ay hindi maaring mangahulugang na gaya ng sa v. 22. Ito ay waring nagsasama ng kamaharlikaan ng bago pa man ang mundong pag-iiral ni Hesus.

▣ **"bago natatag ang sanglibutan"** Ang Trinidad na Diyos ay aktibo sa pagtutubos bago pa man ang paglilikha. Ang pariralang ito ay ginamit ng ilang beses sa NT (cf. Mateo 25:34; Lucas 11:50; Efeso 1:4; Hebreo 4:3; 9:26; I Pedro 1:20; Pahayag 13:8; 17:8).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 17:25-26

**25"Oh Amang banal, hindi ka nakikilala ng sanglibutan, nguni't nakikilala kita; at nakikilala ng mga ito na ikaw ang nagsugo sa akin; 26 At ipinakilala ko sa kanila ang iyong pangalan, at ipakikilala ko; upang ang pagibig na sa akin ay iniibig mo ay mapasa kanila, at ako'y sa kanila."**

**17:25 "Amang banal"** Ang titulong ito ay tanging lumitaw dito sa NT. Ito ay kahanay sa "Banal na Ama" sa v. 11. Na na nagmumula sa Hebreong salita pra sa "panukat na tambo." Ang Diyos ay ang pamantayan sa paghuhkom! Tignan Natatanging Paksa sa I Juan 2:29.

▣ **"hindi ka nakikilala ng sanglibutan"** Ang sanglibutan, pantaong lipunan na inorganisa at gumagawa ng hiwalay sa Diyos (natatanging pagkakagamit ni Juan), ay hindi nakakakilala sa Diyos (cf. 17:25) o sa Kaniyang anak (cf. 1:10). Ito ay masama at makasalanan (cf. 3:19-20; 7:7).

▣ **"nguni't nakikilala kita"** Si Hesus ay ang pinakamatatas at pinakadalisay na pinagmumulan ng impormasyon patungkol sa Diyos (cf. 1:18; 3:11).

**17:26 "ipinakilala ko sa kanila ang iyong pangalan"** Ito ay tumutukoy sa kapahayagan ni Hesus sa karakter at plano ng Ama sa pagtutubos sa sangkatauhan (cf. vv. 6,11,12; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28). Ang salitang "ipinakilala" ay ginamit ng limang beses sa vv. 25-26.

▣ **"at ipakikilala ko"** Ito ay alinmang tumutukoy sa (1) ang nagpapatuloy na kapahayagan ni Hesus sa pamamagitan ng Espiritu na nagbibigay lina sa Kanyang mga katuruan o (2) ang kaligtasan (Linggo ng Pasyon) mga pangyayari na paparating. Ang kaugnay na salita ng sipi ay nagpapahiwatig ng #1. Ang kaligtasan ay nagsasangkot ng isang persona at isang mensahe, desisyon at pamumuhay, panimulang pananampalataya at nagpapatuloy na pananampalataya. Ito ay nagsasangkot ng parehong Griyegong kahulugan ng "nakikilala" at ang Hebreong kahulugan na "kilala."

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit ang panalangin ito ay labis na kahalagahang teolohiko?
2. Si Hudas ba ay isang mananampalataya na nahulog mula sa biyaya?
3. Ano ang layunin ng ating pagkakaisa?
4. Bakit ang bago pa man nalikha ang mundong pag-iiral ni Hesus ay mahalaga?
5. Ipaliwanag ayon sa kaugnay na salitang ito ang mga susing mga salita:
    a. "niluwalhati"
    b. "ibinigay"
    c. "nakikilala"
    d. "isinugo"
    e. "pangalan"
    f. "sanglibutan"

# JUAN 18

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagkanulo at Pag-aresto kay Hesus | Pagkanulo at Pag-aresto sa Gethsemane | Pag-aresto Paglilitis Pagpapapako at Paglibing kay Hesus (18:1-19:42) | Ang Pag-aresto kay Hesus | Ang Pag-aresto kay Hesus |
| 18:1-11 | 18:1-11 | 18:1-11 | 18:1-4 | 18:1-9 |
| | | | 18:5a | |
| | | | 18:5b | |
| | | | 18:5c-7a | |
| | | | 18:7b | |
| | | | 18:8-9 | |
| | | | 18:10-11 | 18:10-11 |
| Si Hesus sa Harap ng Punong Saserdote | Sa Harap ng Punong Saserdote | | Si Hesus sa Harap ni Annas | Si Hesus sa Harap ni Annas at Caiaphas, si Pedro Itinanggi Siya |
| 18:12-14 | 18:12-14 | 18:12-14 | 18:12-14 | 18:12-14 |
| Ang Pagtanggi ni Pedro kay Hesus | Itinanggi ni Pedro si Hesus | | Itinanggi ni Pedro si Hesus | |
| 18:15-18 | 18:15-18 | 18:15-18 | 18:15-17a | 18:15-18 |
| | | | 18:17b | |
| | | | 18:18 | |
| Ang Punong Saserdote ay Tinanong si Hesus | Si Hesus ay Tinanong ng Punong Saserdote | | Ang Punong Saserdote ay Pinagtatanong si Hesus | |
| 18:19-24 | 18:19-24 | 18:19-24 | 18:19-21 | 18:19-24 |
| | | | 18:22 | |
| | | | 18:23 | |
| | | | 18:24 | |
| Si Pedro ay Muling Itinanggi si Hesus | Si Pedro ay Nagtanggi ng Dalawang Beses Pa | | Si Pedro ay Muling Itinanggi si Hesus | |
| 18:25-27 | 18:25-27 | 18:25-27 | 18:25a | 18:25-27 |
| | | | 18:25b | |
| | | | 18:26 | |
| | | | 18:27 | |
| Si Hesus sa Harap ni Pilato | Sa Korte ni Pilato | | Si Hesus sa Harap ni Pilato | Si Hesus sa Harap ni Pilato |
| 18:28-38a | 18:28-38 | 18:28-32 | 18:28-29 | 18:28-32 |
| | | | 18:30 | |
| | | | 18:31a | |
| | | | 18:31b-32 | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 18:33-38a | 18:33 | 18:33-19:3 |
| | | | 18:34 | |
| | | | 18:35 | |
| | | | 18:36 | |
| | | | 18:37a | |
| | | | 18:37b | |
| | | | 18:38a | |
| Si Hesus ay Hinatulan ng Kamatayan<br><br>(18:38b-19:16c) | Ang Pagkuha sa Lugar ni Barabbas | | Si Hesus ay Hinatulan ng Kamatayan<br><br>(18:38b-19:16a) | |
| 18:38b-19:7 | | 18:38b-19:7 | 18:38b-39 | |
| | 18:39-40 | | | |
| | | | 18:40-19:3 | |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 18:1-40

A. Si Juan ay nakaligtaan ang matinding paghihirap ni Hesus sa Gethsemane (bagamat ang kabanata 17 ay maaring kahanay). Ito ay maliwanag sapagkat binibigyan diin niya ang dinamikang karakter ni Hesus na Siyang may control sa lahat ng mga pangyayari. Siya mismo ang nag-alay ng Kanyang buhay (cf. 10:11,15,17,18).

B. Ang mga pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kabanatang ito ay medyo iba mula sa mga Sinoptikong Ebanghelyo. Ang hindi pagkakaayon na ito ay waring maipapalagay na
   1. ang katangian ng mga salaysay ng mga saksi
   2. ang mga teolohikal na mga layunin ng may-akda

C. Si Juan ay napakaiba mula sa mga Sinoptikong Ebanghelyo. Kung bakit at paano na mga katanungan ay hindi masagot maging ng mga iskolar. Ang pinakamainam na talakayan na aking nakita sa patungkol sa isyung ito ay kay Gordon Fee, Douglas Stuart, *How To Read the Bible For All Its Worth*, kung saan ito ay nagbibigay ng ilang mga teorya. Malinaw na ang mga may-akda ng Ebanghelyo, ay nasa ilalim ng inspirasyon, na may kalayaan na
   1. pumili mula sa
   2. iangkop
   3. muling isaayos

   ang mga salita at mga gawa ni Hesus. Hindi ko maiisip na makakagawa sila ng mga salita at mga gawa, ngunit

makakangkop sa kanila para sa kanilang mga pangebanhelyong layunin upang makatulong na ipahayag si Hesus sa ibat-ibang mga grupo ng tao. Tandaan na ang mga Ebanghelyo ay hindi kanluraning mga kasaysayan (i.e., sanhi at bunga at kronolohikal), ngunit silanganing mga kasaysayan. Sila ay hindi mga talambuhay, ngunit ebanghelikong polyeto.

D. Isang mabuting reperensiyang aklat sa kabanatang ito , patungkol sa mga legalidad sa paglilitis ni Hesus (cf., Sanhedrin, 4:1), ay ang A. N. Sherwin- White's *Roman Society and Roman Law in the NT*.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 18:1-11

**[1]Nang masalita ni Hesus ang mga salitang ito, siya'y umalis na kasama ng kaniyang mga alagad na nagsitawid ng batis ng Cedron, na doo'y may isang halamanan, na pinasok niya at ng kaniyang mga alagad. [2]Si Hudas nga rin naman, na sa kaniya'y nagkanulo, ay nalalaman ang dako: sapagka't madalas na si Hesus ay nakikipagkatipon sa kaniyang mga alagad doon. [3] Si Hudas nga, pagkatanggap ng pulutong ng mga kawal, at mga punong kawal na mula sa mga pangulong saserdote at mga Fariseo, ay nagsiparoon na may mga ilawan at mga sulo at mga sandata. [4]Si Hesus nga, na nakatataho ng lahat ng mga bagay na sasapit sa kaniya, ay lumabas, at sa kanila'y sinabi, "Sino ang inyong hinahanap?" [5]Sinagot niya sila, "Si Hesus na taga Nazaret". Sinabi sa kanila ni Hesus, "Ako nga". At si Hudas din naman, na sa kaniya'y nagkanulo, ay nakatayong kasama nila. [6] Pagkasabi nga niya sa kanila, "Ako nga", ay nagsiurong sila, at nangalugmok sa lupa. [7] Muli ngang sila'y tinanong niya, "Sino ang inyong hinahanap?" At sinabi nila, "Si Hesus na taga Nazaret." [8] Sumagot si Hesus," Sinabi ko sa inyo na ako nga; kung ako nga ang inyong hinahanap, ay pabayaan ninyo ang mga ito na magsiyaon sa kanilang lakad." [9] Upang matupad ang salitang sinalita niya, "Sa mga ibinigay mo sa akin ay hindi ko iniwala kahit isa." [10]Si Simon Pedro nga na may tabak ay nagbunot nito, at sinugatan ang alipin ng dakilang saserdote, at tinagpas ang kaniyang kanang tainga. Ang pangalan ng aliping yaon ay Malco. [11]Sinabi nga ni Hesus kay Pedro, "Isalong mo ang iyong tabak: ang sarong sa akin ay ibinigay ng Ama, ay hindi ko baga iinuman?"**

**18:1 "batis ng Cedron"** Ang salitang "batis" ay nangangaulugang "taglamig na sapa" o "wadi." "Kidron" (BDB 871) ay nangangahulugang (1) ng cedars o (2) maitim. Ito ang wadi na lubusang natuyo sa panahon ng tag-araw ngunit umaagos sa panahon ng taglamig. Ito ang lugar na kung saan ang dugo ng mga sakripisyo mula sa Bundok Moriah ay umaagos. Ito marahil ang pinagmulan ng paglalarawang "maitim." Ito ay sa pagitan ng templong paakyat at Bundok ng mga Olibo (cf. LXX II Samuel 15:23; II Hari 23:4,6,12; II Cronika 15:16; 29:16; 30:14; Jeremias 31:40).

Mayroong isang Griyegong manuskripto na baryante sa puntong ito:

1. "ng mga sedar" (*kedrōn*) sa MSS א$^c$, B, C, L at ilang mga ibang unsyal na mga manuskripto
2. "ng cedar" (*kedrou*) sa MSS א$^*$, D, at W
3. "ng Kidron" (*kedrōn*) sa MSS A at S

Ang United Bible Society na ikaapat na edisyon ay gumagamit ng #3

▣ **"isang halamanan"** Ang kabanatang ito ay labis na kinaligtaan ang matinding paghihirap ni Hesus sa Gethsemane, ngunit ito ay naglalagay ng mga pangyayari sa pag-aresto sa halamanan. Ito ang paboritong lugar pahingahan ni Hesus (cf. v. 2; Lucas 22:39). Si Hesus ay maliwanag na natutulog sa panahon ng huling linggo ng Kanyang buhay (cf. Lucas 21:37).

Ang mga halamanan ay hindi pinahihintulutan sa Jerusalem sapagkat sa kinakailang mga pataba na nagpapadumi nito. Maraming mayayamang mga tao, samakatuwid, ang nagmamaari ng mga ubasan, halaman, atbp. sa Bundok ng mga Olibo.

**18:2** Ito ang isa na namang editoryal na komento ni Juan.

▣ **"Hudas"** Mayroong labis na haka-haka patungkol kay Hudas at sa kanyang mga motibo. Siya ay madalas na binabanggit at sinisiraan sa Ebanghelyo ni Juan (cf.6:70-71; 12:4; 13:2,26,27; 18:2,3,5). Ang modernong palabas na "Jesus Christ Superstar" ay inilalarawan siya bilang isang tapat, ngunit nabago ng maling akala, na tagasunod na sinubukang puwersahin si Hesus sa pagtupad sa papel sa OT bilang Makahudyong Mesyas—ito ay ang, pabagsakin ang mga Romano, parusahan ang mga masasama, at itatag ang Jerusalem bilang kapitolyo ng mundo. Gayunpaman, si Juan ay inilarawan ang kanyang motbo bilang sakim at makasatanas na inspirado.

Ang pangunahing problema ay ang teolohikal na isyu sa dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng tao. Ang Diyos ba o Hesus ang nagmanipula kay Hudas? Si Hudas ba ay responsible para sa kanyang mga gawa kung si Satanas ay kinontrol siya o ang Diyos na nagtalaga at nagpakana sa kanya na ipagkanulo si Hesus? Ang Bibliya ay hindi ito tinalakay ang mga katanungang ito ng direkta. Ang Diyos ay may control sa kasaysayan; alam Niya ang panghinaharap na pangyayari, ngunit ang sangkatauhan ay responsible para sa kanyang mga pagpili at desisyon. Ang Diyos ay patas, hindi nagmamanipula.

Mayroong bagong aklat na nagsusubok na ipagtanggol si Hudas—*Judas Betrayer or Friend of Jesus?* ni William Klassen,

Fortress Press, 1996. Hindi ako sumasang-ayon sa aklat na ito sapagkat ito ay nakapagpababa sa testimonya ni Juan patungkol kay Hudas, ngunit ito ay nakakawili at nakakapaghamon sa kaisipan.

## NATATANGING PAKSA:
### ELEKSYON/ PREDESTINASYON AT ANG PANGANGAILANGAN PARA SA TEOLOHIKONG BALANSE

Ang eleksyon ay isang kahanga-hangang doktrina. Gayunpaman, hindi ito pagkakatawag sa pagpapaborito, ngunit isang pagtawag na maging daluyan, isang kagamitan o paraan para sa katubusan ng iba! Sa Lumang Tipan ang salitang ay ginamit ng unang-una para sa paglilingkod; Sa Bagong Tipan ito ay ginamit ng unang-una para sa kaligtasan na umuusbong sa paglilingkod. Ang Bibliya ay kailanman hindi pinag-ayos ang waring magkasalungat sa pagitan ng dakilang kapangyarihan ng Diyos at malayang pagpili ng sangkatauhan, ngunit naniniwala sa kanila pareho! Ang mabuting halimbawa ng biblikal na tensyon ay ang Roma 9 para sa kapangyarihan ng Diyos sa pagpili at Roma 10 sa kinakailangang pagtugon ng sangkatauhan (cf. 10:11,13).

Ang susi sa teolohikal na tensyon na ito ay matatagpuan sa Efeso 1:4. Si Hesus ay pinili tao Diyos at lahat ay potensyal na pinili sa Kanya (Karl Barth). Si Hesus ay oo ng Diyos sa pangangailangan ng makasalanang sangkatauhan (Karl Barth). Ang Efeso 1:4 ay nakakatulong din na linawin ang isyu sa pamamagitan ng pagsasaad na ang tunguhin ng predestinasyon ay hindi langit, kundi kabanalan (pagiging kagaya ni Kristo). Tayo ay madalas na naaakit sa mga benepisyo ng ebanghelyo at pinagwawalang-bahala ang mga responsibilidad! Ang pagtawag ng Diyos (Eleksyon) ay para sa panahon at maging sa walang hanggan!

Ang mga doktrina ay dumarating na may kaugnayan sa ibang mga katotohanan, hindi bilang nag-iisa, walang kinalamang mga katotohanan. Isang magandang analogo ay ang mga konstelasyon laban sa nag-iisang bituin. Ang Diyos ay nagpapakita ng mga katotohanan sa silanganin, hindi kanluraning mga dyanra. Dapat nating alisin ang tensyon na inihatid ng dyalektikal (kabalintunaan) mga paris ng mga doctrinal na katotohanan:

1. Predestinasyon laban sa malayang pagpili ng tao
2. Katiyakan ng mga mananampalataya laban sa pangangailangang magtiis
3. Orihinal na kasalanan laban sa pakusa na kasalanan
4. Kawalang kasalanan (perpeksyonismo) laban sa pagkakasala ng kaunti
5. Panimulang madaliang pag-aaring ganap laban sa progresibong pagpapaging banal
6. Kristyanong kalayaan laban sa Kristyanong responsibilidad
7. Transendesiya ng Diyoslaban sa katangian ng Diyos
8. Diyos bilang sukdulang di makikilala laban sa Diyos bilang makikilala sa Kasulatan
9. Ang Kaharian ng Diyos bilang pangkasalukuyan laban sa panghinaharap na kaganapan
10. Pagsisisi bilang regalo ng Diyos laban sa pagsisisi bilang kinakailangang maktaong tipanang pagtugon
11. Si Hesus bilang banal laban sa Hesus bilang tao
12. Si Hesus bilang kapantay sa Ama laban sa Hesus bilang nagpapailalim sa Ama

Ang teolohikal na konsepto ng "tipanan" ay pinag-isa ang dakilang kapangyarihan ng Diyos (na laging nagpapasimula at nagtatakda ng mg adyenda) na may inaatas na panimula at nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalatayang pagtugon mula sa mga tao. Maging maingat sa pagprupruwebang teksto sa isang panig ng kabalintunaan at pababain ang iba! Maging maingat sa pagsasaad lamang ng iyong paboritong doktrina o sistema ng teolohiya!

▣
**18:3**
**NASB** **"ang *Romanong* pangkat"**
**NKJV** **"ang pulutong ng mga kawal"**
**NRSV** **"ang pulutong ng mga sundalo"**
**TEV** **"ang grupo ng mga Romanong sundalo"**
**NJB** **"ang pangkat"**

Ito ay tumutukoy sa Romanong pandigmang yunit, na ikasampung bahagi ng lehiyon at maaring mayroong 600 lalake na nakapwesto sa Kuta Antonio, kasunod sa templo (cf. Mga Gawa 21:31,33). Hindi maari na ang ganito kalaki na grupo ang tinawag. Ang mga Romano ay handa para sa mga kaguluhan sa Jerusalem sa mga ganitong panahon ng kapistahan. Ginawa na nila ang kinakailangang pag-iingat sa pamamagitan ng paglipat ng mga tropa mula sa Caesarea sa bandang Dagat. Ang mga Romano ay kasangkot sa paglilitis ni Hesus sapagkat ang mga Hudyo ay nais na ipapako si Hesus. Ito ay madalas na gumugugol ng ilang mga araw;maari lamang nila itong magawa na may permiso at pakikipagtulungan ng pamahalaan ng mga Romano.

▣ **"mga punong kawal na mula sa mga pangulong saserdote"** Ang mga pulis sa Levitikal na templo ay inihahatid ang Romanng garison. Sila ay nabigong arestuin na si Hesus ng isang beses (cf. 7:32,45).

▣ **"mga sandata"** Ang mga ispada na dala ng mga sundalong Romano, at ang mga panggarote ay dala-dala ng mga pulis ng Templo (cf. Mateo 26:43; Marcos 14:43; Lucas 22:52).

**18:4 "Si Hesus nga, na nakatataho ng lahat ng mga bagay"** Ito ay isang malakas na pagbibigay diin sa sariling kaalaaman ni Hesus at control sa Kanyang pag-aresto, paglilitis, at pagpapapako (cf. 10:11,15,17,18). Hindi ito sa pamamagitan ng aksidente na si Hesus ay napako (cf. Marcos 10:45; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28). Ang tema ito ay katangian ng Ebanghelyo ni Juan at maaring bakit hindi niya itinala ang labanan ni Hesus sa Gethsemane.

**18:5**
**NASB, NJB "Hesus ang Nasareno"**
**NKJV, NRSV,**
**TEV "Hesus ng Nazareth"**

Mayroong ilang mga talakayan patungkol sa etimolohiya ng terminong "Nasareno." Posibleng ito ay may kahulugan na (1) Nasareno; (2) Nazarite (cf. Numbers 6); o (3) mula sa Nazaret. Ang NT napagkakagamit (cf. Mateo 2:23) nagpapatunay sa #3. Ang ilan ay idinugtong pa ang Hebreo katinig na nzr sa pang-Mesias na titulo "Sanga" (*nezer*, cf. Isaias 11:1; 14:19; 60:21).

## NATATANGING PAKSA: SI HESUS NA NASARENO

Mayroong ilang magkakaibang mga Griyego salitang na ang NT ay ginagamit sa pagsasabi kay Hesus.

A. NT na mga Termino
1. Nazareth – ang bayan sa Galilee (cf. Lucas 1:26; 2:4,39,51; 4:16; Mga Gawa 10:38). Ang bayang ito ay hindi binanggit sa pangkasalukuyang mga pinagkukunan, ngunit natagpuan sa huling mga inskripsyon.
   Para kay Hesus na magmula sa Nazareth ay hindi isang papuri (cf. Juan 1:46). Ang tanda na inilagay sa taas ng krus ni Hesus ay isinaman ang pangalan ng lugar na ito ay tanda ng pag-insultong Hudyo.
2. *Nazarēnos* – parang ito ay tumutukoy rin sa heograpikal na lokasyon (cf. Lucas 4:34; 24:19).
3. *Nazōraios* – ay maaring tumutukoy sa isang bayan, ngunit maari rin na isang paglalaro sa Hebreong Makamesyas na terminong "Sanga" (*netzer*, cf. Isaias 4:2; 11:1; 53:2; Jeremias 23:5; 33:15; Zacarias 3:8; 6:12; sa NT, Pahayag 22:16). Si Lucas ay gumagamit nito kay Hesus sa 18:37 at Mga Gawa 2:22; 3:6; 4:10; 6:14; 22:8; 24:5; 26:9.
4. May kaugnayan sa #3 *nazir*, na ibig sabihin ay "isang inilaan sa pamamagitan ng panata."

B. Makaysayang pagkakagamit sa labas ng NT.
1. Ito ay nangangahulagang Makahudyo (bago ang-Kristyano) ereheng grupo (Aramaic *nāsōrayyā*).
2. Ito ay ginamit sa mga Hudyong pulutong upang ilarawan ang mga mananampalataya kay Kristo (cf. Mga Gawa 24:5,14; 28:22, *nosri*).
3. Ito ay naging salitang upang ipakilalala ang mga mananampalataya sa iglesya ng mga Syrian (Aramaic). Ang "Kristyano" ay ginamit sa Griyegong mga iglesya na nagpapakilala sa mga mananampalataya.
4. Sa ibang panahon pagkatapos ng pagbagsak ng Jerusalem, ang mga Fareseo ay muling nag-organisa sa Jamnia at nanulsol ng pormal na paghihiwalay sa pagitan ng sinagoga at ang iglesya. Isang halimbawa ng tipo ng sumpang pormula laban sa mga Kristyano ay matatagpuan sa "ang Labingwalong mga Basbas" mula sa *Berakoth* 28b-29a, na tumatawag sa mga mananampalataya na "Nasarenos."
   "Nawa ang mga Nasarenos at mga erehe ay mawala sa sandali; sila ay mabubura sa aklat ng buhay at hindi na maisusulat kasama ng mga tapat."
5. Ito ay ginamit ni Justin Martyr, *Dial*. 126:1, na gumamit sa Isaiah's *netzer* kay Hesus.

C. Opinyon ng May-akda

Ako ay nasorpresa sa napakaraming mga baybay ng salitang, bagamt alam ko na ito ay hindi kaila sa OT gaya ng sa "Josue" ay mayroong ilang magkakaibang mga baybay sa Hebreo. Ang mga sumusunod ng mga bagay ay nagdulot sa akin na manatiling di-tiyak patungkol sa tumpak na kahulugan nito:
1. ang malapit na asosasyon sa Makamesyas na terminong "Sanga" (*netzer*) o ang kahawig na salitang *nazir* (isang inilaang sa pamamagitan ng panata)
2. ang negatibong konotasyon ng Galilee
3. maliit o walang pangkasalukuyang mga atestasyon sa bayan ng Nazareth sa Galilee
4. ito ay nagmumula sa bibig ng isang demonyo sa ekastolohikal na pakahulugan (i.e., "Ikaw ba a dumating uoang wasakin kami?"). Para sa buong biblyograpya ng mga pag-aaral sa grupong salitang ito, tignan Colin Brown (ed.), *New International Dictionary of New Testament Theology*, vol. 2, p. 346 o Raymond E. Brown, *Birth*, pp. 209-213 223-225

▣ **"Ako nga"** Ito ay literal na "Ako ang," Hebreo PANDIWA "para maging" (tignan Natatanging Paksa sa 6:20), na ang mga Hudyo ay makaka-ugnay kay YHWH, ang Tipanang pangalan ng Diyos (cf. Exodo 3:14 and Isaias 41:4). Si Hesus ay ginawa ang kamangha-manghang pagsasalaysay ng pagkadiyos sa kaparehong payak na gramatikal na paraan (*ego eimi*) sa 4:26; 8:24, 28, 58 at 13:19. Ito ay inulit ng tatlong beses sa kaugnay na kahulugang ito para sa pagbibigay diin (cf. vv. 6, 8). Ang gramatikal na istrukturang ito ay iba sa tanyag na "Ako ang . . ." na mga pahayag ni Hesus.

▣ **"At si Hudas din naman, na sa kaniya'y nagkanulo, ay nakatayong kasama nila"** Ito ay isa na naming editorial na komento ng may-akda ng Ebanghelyo, si Juan.

**18:6 "y nagsiurong sila, at nangalugmok sa lupa."** Isinulat ito ni Juan upang bigyan diin ang dinamikong karakter at presensya ni Hesus. Hindi ito nagpapahiwatig ng paggalang (pagyuko sa harap ng isa), ngunit pagkatakot.

**18:7 "Muli ngang sila'y tinanong niya"** Posibleng si Hesus ay kumukuha ng atensyon patungo sa Kanyang sarili at palayo sa mga alagad. Ito ang waring tugma sa pinakamalapit na kaugnay na kahuluga ng talata 8.

**18:8 "kung"** Ito ay isang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI; sila ay naghahanap sa Kanya.

▣ **"pabayaan ninyo ang mga ito na magsiyaon sa kanilang lakad."** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PAUTOS. Ito ang katuparan sa propesita mula sa Zacarias 13:7 (cf. Mateo 26:31; Juan 16:32).

**18:9 "Upang matupad ang salitang sinalita niya"** Ito ay tila sangunian sa 16:32, ngunit 17:12 ang sinipi.

**18:10 "Si Simon Pedro nga na may tabak ay nagbunot nito, at sinugatan ang alipin ng dakilang saserdote, at tinagpas ang kaniyang kanang tainga"** Si Pedro ay hindi pinupuntirya ang kanyang tainga, kundi ang kanyang ulo! Ito ay nagpapakita ng pagpayag ni Pedro na mamatay alang-alang kay Hesus. Ang pagkilos ni Pedro ay maaaring nagmula sa hindi pagkakaunawa sa pahayag ni Hesus sa Lucas 22:36-38. Ang Lucas 22:51 ay nagbibigay alam sa atin na pinagaling ni Hesus ang tainga ng lalake sa pamamagitan ng paghipo.

▣ **"Ang pangalan ng aliping yaon ay Malco"** Tanging si Juan lamang ang nagbanggit sa kanyang pangalan sa editoryal na komentong ito. Ito ay nagpapakita ng salaysay ng isang saksi. Ang may-akda ng Juan ay nasa halamanan!

**18:11 "ang sarong"** Ito ay isang metapora na ginamit sa OT bilang simbolo ng kahihinatnan ng isang tao, karaniwan sa negatibong pakahulugan (cf. Awit 11:6; 60:3;75:8; Isaias 51:17, 22; Jeremias 25:15,16,27-28).

Ang gramatikal na uri ng katanungan ni Hesus ay umaasa ng sagot na "oo". Si Pedro ay gumaganap muli bilangisang tao na nakakaalam ng pinakamainam na gagawin (cf. Mateo 16:22; Juan 13:8). Ang gamit ng "saro" dito ay napakaiba mula sa gamit ng "saro" sa Sinoptikong salaysay sa matinding paghihirap ni Hesus sa Gethsemane. Para kay Juan, si Hesus ay lubos ang pagkontrol sa mga pangyayari! Si Juan ay ipinapakita si Hesus bilang matapang ang loob, hindi natatakot (cf. v. 4; 3:1,11)!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:12-14

**[12]Kaya dinakip si Hesus ng pulutong at ng pangulong kapitan, at ng mga punong kawal ng mga Hudyo, at siya'y ginapos. [13]At siya'y dinala muna kay Anas; sapagka't siya'y biyenan ni Caifas, na dakilang saserdote nang taong yaon. [14]Si Caifas nga na siyang nagpayo sa mga Hudyo, na dapat na ang isang tao'y mamatay dahil sa bayan**

▣
**18:12**
**NASB "ng *Romanong* pangkat at ng kapitan"**
**NKJV "ng pulutong at ng pangulong kapitan"**
**NRSV "ng mga sundalo, at kanilang opisyal"**
**TEV "ng mga Romanong sundalo kasama ng kanilang namumunong opisyal"**
**NJB "ng pangkat ang tribuna nito"**

Ang mga pangalan ng Romanong pandigmang mga yunit ay kinuha mula sa bilang ng buong katipunan ng mga pangkat na kasangkot.

1. pulutong – tumutukoy say unit na hanggang sa 600 mga katao (cf. v. 3)
2. ang kapitan – ay mula sa bilang na 1,000 (*chiliarch*, i.e., Mga Gawa 21:31; 22:24; 23:10; 24:7)

Ang mga titulong ito ay hindi nagsasabi kung gaano kalaki o kaliit ang pandigmang yunit na umaresto kay Hesus. Sa Palestina ang #2 ay simplng nangangahulugang ang pinuno ng isang maliit na grupo ng mga sundalo.

▣ **"siya'y ginapos"** Hindi ito simpleng nagpapahiwatig na sila ay labis na natatakot kay Hesus, ngunit ito ay tila isang normal na mga pamamaraan (cf. v 24).

**18:13 "dinala muna kay Anas"** Mayroong matinding diskusyon patungkol sa pagkakasunod-sunod sa mga paglilitis na ito sa harap ni Annas at Caiaphas. Ang mga Sinoptiko ay kailanman hindi nagbanggit ng isang pagpupulong kasama si. Angtalatang 24 ay tila isang talababa sa Juan, ngunit ito ay mahalagang bahagi ng Sinoptikong mga salaysay sa paglilitis kay Hesus (cf. Mateo 26:57; Marcos 14:53).

Sa OT ang tungkulin ng Punong Saserdote ay panghabam-buhay at bawat isa ay kailangang nasa lahi ni Aaron. Gayunpaman, ang Romano ay pinilipit ang opisinang ito patungo sa politikal na sirwelas, binili ng Levitikal na pamilya. Ang Punong Saserdote ang nagkokontrol at nagpapatakbo sa kalakalan sa Korte ng mga Babae. Ang paglilinis ni Hesus sa temple ang nagpagalit sa pamilyang ito.

Ayon kay Flavius Josephus, si Annas ay ang Punong Saserdote mula A.D. 6-14. Siya ay itinalaga ni Quirinius, ang gobernador ng Syria at ipinatanggal ni Valerius Gratus. Ang kanyang mga kamag-anak (5 mga anak at 1 apong lalake) ang humalili sa kanya. Si Caiaphas (A.D. 18-36), ang kanyang manugang na lalake (cf. Juan 18:13), ay kanyang dagliang tagapaghalili. Si Annas ang tunay na kapangyarihan sa likod ng katungkulan. Inilarawan siya ni Juan bilang unang tao na kumuha kay Hesus (cf. 18:13,19-22).

**18:14** Ito ay isa na naming editoryal na komento ni Juan, gaya ng sa mga talata 15 at 18.

▣ **"Caiaphas "** Ang pangunahing inaalala ni Juan kay Caiaphas ay siya ay walang kaalam-alam na nagpropesiya patungkol sa kamatayan ni Hesus (cf. 11:50). Siya ang manugang na lalake ni Annasat ang Punong Saserdote mula A.D. 18-36. Tignan puna sa 11:49.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:15-18

**[15]At sumunod si Simon Pedro kay Hesus, at gayon din ang isa pang alagad. Ang alagad ngang yaon ay kilala ng dakilang saserdote, at pumasok na kasama ni Hesus sa looban ng dakilang saserdote; [16]Nguni't si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas. Kaya't ang isang alagad, na kilala ng dakilang saserdote ay lumabas at kinausap ang babaing tanod-pinto, at ipinasok si Pedro. [17] Sinabi nga kay Pedro ng dalagang tanod-pinto, Pati baga ikaw ay isa sa mga alagad ng taong ito? Sinabi niya, "Ako'y hindi." [18]Nangakatayo nga doon ang mga alipin at ang mga punong kawal, na nangagpapaningas ng sigang uling; sapagka't maginaw; at sila'y nangagpapainit: at si Pedro rin naman ay kasama nila, na nakatayo at nagpapainit.**

**18:15 "At sumunod si Simon Pedro kay Hesus, *at gayon* din ang isa pang alagad"** Mayroong matinding talakayan patungkol sa pagkakakilanlan ng ibang disipulong ito.

1. Ang tradisyonal na teorya ay ito ay si Apostol Juan dahil sa magkahawig na pariralang ginamit sa kanya sa 20:2, 3, 4, at 8. Gayundin, isa pang posibleng koneksyon ay sa Juan 19:25, na nagpapangalan sa ina ni Juan, na maaring posibleng kapatid ni Maria, na nangangahulugang siya ay isang Levite at, samakatuwid, nagmula sa isang makasaserdoteng pamilya (cf. patotoo ni Polycarp).
2. Ito marahil ay isang local na hindi pinangalanang tagasunod gaya ni Nicodemo o Jose ng Arimathea dahil sa kanilang asosasyon sa Punong Saserdote at sa kanyang pamilya (cf. vv. 15-16).

▣ **"Ang alagad ngang yaon ay kilala ng dakilang saserdote"** Ito ay napakalakas na salitang para sa "kakilala" at tila nangangahulugang isang "malapit na kaibigan" (cf. Lucas 2:44 at 23:49). Kung si Juan, ito ay may kaugnayan sa kanyang negosyong pangingisda na maaring nagsasangkot sa kanyang pamilya ng regular na pagdadala ng mga isda sa Jerusalem.

**18:17 "17 Sinabi nga kay Pedro ng dalagang tanod-pinto, Pati baga ikaw ay isa sa mga alagad ng taong ito?"** Ang gramatikal na ayos, gaya ng sa v. 25,ay umaasa ng sagot na "hindi". Ito ay nagpapakita ng pag-iinsulto doon sa mga nasasangkot sa pamamgitan ng hindi paggamit ng pangalan ni Hesus. Itinanong niya ito marahil dahil sa (1) koneksyon ni Pedro kay Juan o (2) sa punto ng pananalita ni Pedro na Galilean.

▣ **"Ako'y hindi"** Si Pedro ay maaring handing mamatay para kay Hesus, ngunit hindi siya handa na sagot ng may katotohanan ang tanong ng aliping babae! Sa mga Sinoptikong Ebanghelyo ang mga tatlong pagtangging ito ay iniligay nga sama-sama, ngunit sa Juan sila ay magkakahiwalay sa pamamagitan ng pagtatanong ni Annas kay Hesus (cf. v. 24).

Ang "Ako ang" na pahayag ni Pedro ay tugmang kasalungat sa "Ako ang" na pahayag ni Hesus (cf. v. 5).

**18:18** Ang kwentong ito isinalaysay ng may malinaw na detalye ng saksi. Ang parehong mga talata 18 at 25 ay may dalawang PALIGOY-LIGOY NA SALITANG DI GANAP.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 18:19-24**

**[19]Tinanong nga ng dakilang saserdote si Hesus tungkol sa kaniyang mga alagad, at sa kaniyang pagtuturo. [20] Sinagot siya ni Hesus, "Ako'y hayag na nagsalita sa sanglibutan; ako'y laging nagtuturo sa mga sinagoga, at sa templo, na siyang pinagkakatipunan ng lahat ng mga Hudyo; at wala akong sinalita sa lihim. [21]Bakit ako'y iyong tinatanong? tanungin mo silang nangakarinig sa akin, kung anong sinalita ko sa kanila: narito, ang mga ito ang nangakakaalam ng mga bagay na sinabi ko" [22]At nang kaniyang masabi ito, ay sinampal si Hesus ng isa sa mga punong kawal na nakatayo roon, na nagsasabi, "Ganyan ang pagsagot mo sa dakilang saserdote?" [23] Sinagot siya ni Hesus, "Kung ako'y nagsalita ng masama, patotohanan mo ang kasamaan; datapuwa't kung mabuti, bakit mo ako sinasampal?" [24] Ipinadala nga siyang gapos ni Anas kay Caifas na dakilang saserdote.**

**18:19 "Tinanong nga ng dakilang saserdote si Hesus tungkol sa kaniyang mga alagad, at sa kaniyang pagtuturo"** Ito ay tumutukoy kay Annas, hindi kay Caiaphas. Si Annas ang kapangyarihan sa likod ng trono. Siya ay namuno mula A.D. 6 hanggang 15. Siya ay dagliang sinundan ng kanyang manugang na lalake na sinundan ng kanyang limang mg anak at isang apo. Si Annas, na siyang nagmamay-ari ng pangkalakal na karapatan sa lugar ng templo, ay marahil nangangambang tanungin ang taong naglinis ng Templo (posibleng dalawa). Nakakawili na si Annas ay nababahala patungkol sa mga alagad ni Hesus at sa Kanyang mga katuruan.

**18:20** Tunay na may katiyakan na si Hesus ay nagturo ng hayagan. Gayunpaman, totoo rin na marami sa Kanyang mga katuruan ay tinakpan sa publiko (cf. Marcos 4:10-12). Ang totoo isyu ay ang espiritwal na pagkabulag sa bahagi ng Kanyang mga tagapakinig.

Ang mga salita ni Hesus at mga pamamaraan ng pagtuturo ay nakatala ng magkakaiba sa mga Sinoptikong Ebanghelyo at Juan. Ang Sinoptiko ay walang "Ako ang. . ."na mga pahayag. Si Hesus ay nagtuturo sa parabula; si Juan ay walang naisulat na mga parabula. Para sa akin ang pagkakaiba ay maipapaliwanag sa pamamagitan ng mga Sinoptikong salaysay sa pampublikong mga katuruan ni Hesus at ang pagsusulat ni Juan sa mga pribadong mga sesyon.

**18:21 "Bakit ako'y iyong tinatanong"** Sa v. 20 si Hesus nagsasalaysay ng pampublikong katangiang ng Kanyang ministeryong pagtuturo. Si Hesus ay nagtuturo kay Annas na ang kanyang mga katanungan ay ilegal ayon sa batas ng Hudyo at gayundin sa publikong kaalaman.

**18:22 "sinampal si Hesus ng isa sa mga punong kawal na nakatayo roon"** Ang terminong ito sa orihinal ay nangangahulugang "sampalin" o "hampasin ng pamalo." Na ang naging ibig sabihin nito ay "isang sampal na bukas ang kamay." Ito ay alusyon sa Isaias 50:6. Si Hesus ay nagsasaad na kung mayroong Siyang nagawang mali, akusahan Siya; at kung hindi, bakit Siya sinasaktan?

**18:23 "Kung. . .kung"** Ang mga ito ay dalawang UNANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na ipinagpapalagay na totoo mula sa perspektibo ng may-akda o para sa kanyang literaturang mga layunin. Dito ang una ay isang literaturang paraan upang puntuhin ang isang huwad na realidad. Si Hesus ay hinahamon si Annas na dalhin niya ang kanyang ebidensya.

**18:24** Ang pagkakasunod-sunod ng mga paglilitis na ito ay kabaligtaran sa mga Sinoptikong Ebanghelyo.

**TALATA SA NASB (BINAGO): 18:25-27**

**[25] Nakatayo nga si Pedro na nagpapainit. Sinabi nga nila sa kaniya, "Ikaw baga ay isa rin naman sa kaniyang mga alagad?" Siya'y kumaila, at sinabi, "Ako'y hindi." [26]Ang isa sa mga alipin ng dakilang saserdote, na kamaganak niyaong tinagpas ni Pedro ang tainga, ay nagsabi, "Hindi baga ikaw ay nakita kong kasama niya sa halamanan?" [27]Muli ngang kumaila si Pedro: at pagdaka'y tumilaok ang manok.**

**18:26 "Ang isa sa mga alipin ng dakilang saserdote, na kamaganak niyaong tinagpas ni Pedro ang tainga, ay nagsabi"** Mayroong ilang mga pagkakaiba sa apat na mga Ebanghelyo sa kung sino ang nagtanong kay Pedro.

1. sa Marcos, ang katulong ang nagtanong ng unang katanungan (cf. Marcos 14:69)
2. sa Mateo ay ang isang tagapaglingkod na babae (cf. Mateo 26:71)
3. sa Lucas 22:58 ito ay ang lalake
4. sa Juan isang alipin/tagapaglingkod ng Punong Saserdote

Halata sa makasaysayang tagpuan na ang isang tao ang nagtanong sa paligid ng apoy at ang iba ay nakisali sa (cf. v. 18).

**18:26 "Hindi baga ikaw ay nakita kong kasama niya sa halamanan"** Hindi gaya ng unang dalawang mga katanungan sa vv. 17 at 25, ang gramatikal na anyo nito ay umaasa ng sagot na "oo".

**18:27 "Muli *ngang* kumaila si Pedro"** Naunawaan natin mula sa Marcos 14:71 at Mateo 26:74 na si Pedro ay ipinagkaila ito sa pamamagitan ng pagsumpa at pangangako.

▣ **"pagdaka'y tumilaok ang manok"** Ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa lahat ng apat na mga Ebanghelyo ay nagpapahiwatig na ito ay nangyari sa pagitan ng 12:00 at 3:00 ng umaga. Ang mga Hudyo ay hindi pinahihintultan na ang mga manok ay nasa loon ng bayan ng Jerusalem magkagayon ito ay dapat na manok ng mga Romano.

Si Lucas 22:61 ay nagsasaysay sa puntong ito na si Hesus ay tumingin kay Pedro. Ipinagpapalagay na si Annas at Caiaphas ay nakatira sa parehong bahay at ang mga bantay dinadala si Hesus mula sa kanyang pulong kay Annas patungo sa Kanyang pulong kay Caiaphas at sa mga Sanhedrin. Sa ganitong paggalaw ay si Hesus napatingin kay Pedro. Ang lahat ng ito ay pawang mga haka-haka sapagkat wala tayong sapat na makasaysayang impormasyon para maging dogmatiko patungkol sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari ng gabing iyon ng paglilitis.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:28-32

**28 Dinala nga nila si Hesus mula kay Caifas hanggang sa Pretorio: at niyao'y maaga pa; at sila'y hindi nagsipasok sa Pretorio, upang huwag silang madungisan, upang sila'y mangyaring makakain ng kordero ng paskua. 29 Nilabas nga sila ni Pilato, at sinabi, "Anong sakdal ang dala ninyo laban sa taong ito? " 30 Sila'y nagsisagot at sinabi sa kaniya, "Kung ang taong ito'y hindi manggagawa ng masama, ay hindi sana namin dinala sa iyo." 31 Sa kanila nga'y sinabi ni Pilato, "Kunin ninyo siya, at siya'y inyong hatulan ayon sa inyong kautusan." Ang mga Hudyo'y nangagsabi sa kaniya, "Sa amin ay hindi naaayon sa kautusan na magpapatay ng sinomang tao:" 32 Upang matupad ang salitang sinalita ni Hesus, na ipinaalam kung sa anong paraan ng kamatayan siya mamamatay.**

▣

**18:28**
**NASB, NKJV,**
**JB "hanggang sa Praetorium"**
**NRSV "sa punong-himpilan ni Pilato"**
**TEV "sa palasyo ng gobernador"**

Ito ay isang Latinong salitang na tumutukoy sa opisyal na tirahan ng Romanong gobernador kapag sila ay nasa Jerusalem. Ito marahil ang kutang Antonio, na siyang kasunod sa Templo o ang Dakilang Palasyo ni Herodes.

## NATATANGING PAKSA: PRAETORIANG GUWARDYA

Sa orihinal ang terminong, praetorian, ay tumutukoy sa isang tolda ng Romanong heneral (praetor), ngunit pagkalipas ng panahon ng pananakop ng mga Romano ito ay ginamit sa administribong pakahulugan na nagpapakilala ng punong-himpilan o tirahan ng political/military na administrasyon (cf. Mateo27:27; Juan 18:28,33; 19:9; Mga Gawa 23:35).

Gayunpaman, sa unang siglo ng mundo ng mga Romano ito ay ginamit para sa mga opisyla na bumubuo sa espesyal na Guwardyang Imperyal. Ang piling grupong ito ng mga sundalo ay nagsimula sa pamamagitan ni Augustus ngunit sa bandang huli ay nagtipon-tipon sa Roma sa pamamagitan ng Tiberius. Sila ay

1. lahat na magkakapareho ang ranggo, mga centurions
2. tumatanggap ng dobleng bayad
3. may espesyal na mga pribilehiyo
4. naging makapangyarihan na ang kanilang pagpili sa Emperor ay iginagalang.

Hanggang sa panahon ni Constantine na ang mga piling grupong ito, mga makapangyarihang politikal na grupo ay sa kalaunay nabuwag.

▣ **"niyao'y maaga pa"** Alam natin mula sa mga tala ng Romano na ang Romanong opisyal sa Palestina ay nagkikita sa korte tuwing bukang-liwayway. Malinaw, na saktong na medaling araw na ang Sanhedrin ay nagkita upang magbigay ng ilang mga anyo ng kredibilidad at legalidad sa iligal na gabi ng paglilitis. Daglian nilang dinala si Hesus kay Pilato.

▣ **"sila'y hindi nagsipasok sa Pretorio, upang huwag silang madungisan"** Sa pamamagitan ng pagpasok sa tirahan ng Hentil sila ay nadungisan para sa Paskuwang pagkain. Isang mapanuya na sila ay napakaselan patungkol sa seremonyang mga bagay, ngunit walang pakundangan patungkol sa iligal na pagdadala sa isang tao sa kamatayan.

Ang talatang ito ay sentro ng kontrobersiya higit sa maliwanag na makasaysayang pagkakaiba sa pagitan ng mga Sinoptikong Ebanghelyo, na nagsasaad na si Hesus ay kumain ng Paskuwang hapunan kasama ng Kanyang mga alagad (cf. Mateo 26:17; Marcos 14:12; Lucas 22:1), at si Juan, na nagsasabi na ito ay nangyari isang araw bago ang (Huwebes),ang paghahanda sa tradisyonal na kapistahan ng Paskuwa. Ang kilalang Romano Katolikong Iskolar sa Juan na si, Raymond Brown, ay gumawa ng ganitong mga komento sa *Jerome Biblical Commentary*:

"Kung ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari na inulat sa tradisyon ng Sinoptiko ang mas pipiliin ng

walang pagbabago kaysa sa Juan mula sa punto ng 'pagkamakasaysayan,' ang sumusunod na sip—ang ulat ng isang saksi na tiyak na nakakalam sa tradisyon ng Sinoptiko—ang nagpapakita ng walang kalutasan na mga kahirapan. Kung, sa isang banda, nakikila natin na ang patotoo ng mga saksi mula kung saan ang Juan ay nahubog ay madalas malapit sa tunay na mga pangyayari kaysa sa eskematikong balangkas ng Sinoptiko, ang sipi ay mas kaunawa-unawa" (p. 458).

Mayroong din ilang mga posibilidad ng dalawang magkaibang petsa sa pagdiriwang ng Paskuwa, Huwebes at sa Biyernes. Mayroon din idinagdag na problema na ang terminong "Paskuwa" ay maari ring gamitin na isang-araw napista at ang walong-araw na kapistahan (Paskuwa na sinasamahan ng Walang Lebadurang Tinapay, cf. Exodo 12).

▣ **"makakain ng kordero ng Paskua"** Mayroon paring mga problema sa wastong petsa ng Huling Hapunan. Ang mga Sinoptikong Ebanghelyo ay tila nagpapahiwatig na ito ay Paskuwang hapunan, ngunit si Juan ay nagsasabi na ito ay araw bago ang opisyal na Paskuwang hapunan (cf. Juan 19:14 and this talata). Ang sagot ay maaring nasa

1. ang katotohanan na ang terminong "Paskuwa" ay tumutukoy sa linggo, o pagkain, o ang espesyal na Araw ng Pangilin o Sabbath
2. ang katotohanan na ilan sa Makahudyong grupo na separatista (i.e., Essenes) ay sumusunod sa lunar na kalendaryo mula sa intertestamental naaklat na Jubilees
3. ang katotohanan na ang "dalawahang kahulugan" ni Juan ay ipinapakita si Hesus bilang ang Paskuwang kordero (1:29), na pinatay isang araw bago ang Paskuwa

**18:29** Ang Diyos ay ginamit ang personalidad ni Pilato ng labis na gaya ng pagkakagamit Niya sa Faraon sa Exodo. Itinalaga siyang prokurator ng Judea noong A.D. 26 ni Emperor Tiberius. Pinalitan niya si Valerius Gratus (na nagtanggal kay Annas bilang Punong Saserdote). Si Pontius Pilato ay ang ikalimang Romanong prokurator. Pinamahalaan niya ang kaharian ni Archelaus (anak ni Dakilang Herodes), na sumasakop sa Samaria at Judea, Gaza, at ang Dead Sea. Karamihan sa mga impormasyon patungkol kay Pilato ay nagmumula sa mga kasulatan ni Flavius Josephus.

## NATATANGING PAKSA: PONTIO PILATO

I. Ang Lalake
   A. Lugar at panahon ng kapanganakan ay hindi nalalaman
   B. Kabilang sa grupo ng Equestrian (itaas na panggitnang antas ng lipunan ng mga Romano)
   C. May asawa, ngunit walang nalalamang mga anak
   D. Sinaunang administratibong mga pagtatalaga (kung saan ay tiyak na mayroong mga ilan) walang nakakaalam

II. Kanyang Personalidad
   A. Dalawang magkaibang mga pananaw
      1. Philo (*Legatio and Gaium*, 299-305) at Josephus (*Antiq.* 18.3.1 at *Jewish Wars* 2.9.2-4) inilarawan siya bilang malupit at walang habag na diktador.
      2. Ang NT (mga Ebanghelyo, Mga Gawa) ay nagpapakita ng mahina, medaling mamanipula na Romanong prokurator
   B. Paul Barnett, *Jesus and the Rise of Early Christianity*, pp. 143-148, ay nagbibigay ng tila totoo na paliwanag sa dalawang pananaw na mga ito.
      1. Si Pilato ay hindi naitalaga bilang prokurator noong A.D. 26 sa ilalim ni iberius, na isang makahudyo (cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 160-161) sa pamamagitan ng pagpayo ni Sejanus, ang galit sa Hudyo na punong tagapayo ni Tiberius.
      2. Si Tiberius ay nagdanas ng matinding pagkatalo sa politikal na kapangyarihan kay L. Aelius Sejanus, ang kanyang praetorian na prefek na naging siyang tunay na kapangyarihan sa likod ng trono at siyang may labis na galit sa mga Hudyo(Philo, *Legatio land Gaium*, 159-160).
      3. Si Pilato ay ang bata ni Sejanus at sinubukang magpalakas sa kanya sa pamamagitan ng
         a. pagdadala ng mga pamantayang Romano sa Jerusalem (A.D. 26), na ang ibang mga procurator ay hindi nagawa. Ang mga simbolong ito ng Diyos ng mga Romano ang nagpagalit sa mga Hudyo (cf. Josephus' *Antiq*. 18.3.1; *Jewish Wars* 2.9.2-3).
         b. ang mga salaping barya (A.D. 29-31) na may mga imahe ng pagsamba ng mga Romano na nakaukit sa mga ito. Si Josephus ay nagsasabi na siya ay puno ng layunin sa pagsubok na baluktutin ang mga batas ng at mga kaugalian ng mga Hudyo (cf. Josephus, *Antiq.* 18.4.1-2).
         c. pagkuha ng pero mula sa ponding pananalapi ng Templo upang magpatyo ng daanang patubig sa Jerusalem (cf. Josephus, *Antiq.* 18.3.2; *Jewish Wars* 2.9.3).
         d. pagpatay ng ilang mga taga Galiea habang nag-aalay ng sakripisyo sa panahon ng Paskuwa sa Jerusalem.
         e. pagdadala ng Romanong pananggalang sa Jerusalem noong A.D. 31. Ang anak ni Dakilang Herodes ay

nag-apila sa kanya na tanggalin ang mga ito at ibalik, ngunit hindi siya tumalima, kaya sumulat sumulat si kay, na nagpautos na alisn at ibalik ang mga ito sa Caesarea sa may baybaying dagat(cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 299-305).

f. pagpatay ng maraming mga Samaritano sa Bundok Gerizim (A.D. 36/37) habang naghahanap ang mga ito ng sagradong mga bagay para sa kanilang relihiyon, na nawawala. Ito ang nagdahilan sa mga local na nakatatas ni Pilato (Vitellius, Prefect of Syria) na alisin siya sa kanyang katungkulan at ipadala siya sa Roma (cf. Josephus, *Antiq.* 18.4.1-2).

4. Si Sejanus ay binitay noong A.D. 31 at si Tiberius ay pinanumbalik muli sa buong politikal na kapangyarihan; samakatuwid, #a, b, c at d ay posibleng mga ginawa ni Pilato upang makuha muli ang pagtitiwala ni Sejanus; ang #e at f ay maaring mga pagtatangka na makuha at tiwala ni Tiberius, ngunit maaring ito ay nakasama pa.
5. Halata na sa pagpapanumbalik ng emperor na makahudyo, dagdagan pa ng opisyal na kasulatan na nag-uutos sa mga prokurator mula kay Tiberius na maging mabuti sa mga Jews (cf. Philo, *Legatio and Gaium*, 160-161), na ang Hudyong pamumuno sa Jerusalem ay kumuha ng bentaha sa politikal na kahinaan ni Pilato sa pamamagitan ni Tiberius at minanipula siya upang si Hesus ay maipako. Ang teoryang ito ni Barnett ay nagdadala ng dalawang pananaw kay Pilato ng sabay-sabay sa paraang halos totoo.

III. Kanyang Kapalaran
A. Siya ay muling ipinatawag at dumating sa Roma agad pagkatapos ng kamatayan ni Tiberius (A.D. 37).
B. Siya ay hindi na muling naitalaga.
C. Pagkatapos nito wala ng nakakaalam sa kanyang buhay. Mayroong maraming mga teorya,subalit walang tiyak na mga katotohanan.

**18:30 "Kung ang taong ito'y hindi manggagawa ng masama, ay hindi sana namin dinala sa iyo"** Ito ay IKALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI madalas kung tawagin ay "salungat sa katotohanan." Si Hesus ay hindi gumagawa ng masama. Ito ay sarkastikong pamumuna ni Pilato na tumangging makisawsaw sa "pamumulot" ng mga kasong panrelihiyon ng mga Hudyo.

Ang PANDIWANG ito "dinala" ay kapareho na karaniwan ay isinalin sa "ipinagkanulo" kapag gagamitin para kay Hudas(cf. 6:64,71; 12:4; 13:2,11,21;18:2,5). Ang salitang sa literal ay nangangahulugang "ilipat ang isang tao sa awtoridad" o "ipasa ang isang tradisyon." Sa koneksyon kay Judas, ang salitang ay may pinatinding kahulugan sa mga Ingles na tagasalin.

**18:31 "Sa amin ay hindi naaayon sa kautusan na magpapatay ng sinomang tao"** Ang Hudyong pamumuno ay agkondena kay Hesus ng paglapastangan sa Diyos, ngunit ginamit nila ang kaso ng paghihimagsik upang Siya ay bitayin ng mga Romano. Napakahalaga sa mga Hudyong pinuno na si Hesus ay mapako dahil sa Deuteronomio 21:23 (i.e., ang mapako ay pinaniniwalaang ng mga 1st siglong mga Rabi na isinumpa ng Diyos). Si Hesus ay nahulaan ito sa v. 32; 3:14; 8:28; 12:32,33; at Galacia 3:13.

**18:32 "na ipinaalam kung sa anong paraan ng kamatayan siya mamamatay"** Bakit kaya nais ng mga Hudyong pinuno na si Hesus ay mapako sa krus? Ito ay halata mula sa Mga Gawa 7 na sila ay nagbibitay ng mga tao na lumapastangan sa Diyos sa pamamagitan ng dagliang pagpatay sa pamamagitan ng pagbato. Maaring ito ay nauugnay sa OT banal na sumpa ng Deuteronomio 21:22-23. Sa orihinal ito aytumukoy sa publikong pagtarak pagkatapos ng kamatayan, subalit ang mga rabi ay ininterpret ito ayon sa Romanong pagpapako. Nais nila ito kay Hesus, ang mapagkunwaring Mesyas, isinumpa ng Diyos. Ito ang plano ng Diyos na pagtutubos sa makasalanang mga tao. Si Hesus, ang Kordero ng Diyos (i.e., 1:29), inalay ang Kanyang sarili bilang kahalili (cf. Isaias 53; II Corinto 5:21). S i Hesus ang naging "ang isinumpa" para sa atin (cf. Galacia 3:13).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:33-38a

**33 Si Pilato nga'y muling pumasok sa Pretorio, at tinawag si Hesus, at sa kaniya'y sinabi, "Ikaw baga ang Hari ng mga Hudyo?" 34 Sumagot si Hesus, "Sinasabi mo baga ito sa iyong sarili, o sinabi sa iyo ng mga iba tungkol sa akin?" 35 Si Pilato ay sumagot, "Ako baga'y Hudyo? Ang iyong sariling bansa at ang mga pangulong saserdote ang sa iyo'y nagdala sa akin: anong ginawa mo?" 36 Sumagot si Hesus, "Ang kaharian ko ay hindi sa sanglibutang ito: kung ang kaharian ko ay sa sanglibutang ito, ang aking mga alipin nga ay makikipagbaka, upang ako'y huwag maibigay sa mga Hudyo: nguni't ngayo'y ang aking kaharian ay hindi rito." 37 Sinabi nga sa kaniya ni Pilato, "Ikaw nga baga'y hari? Sumagot si Hesus, "Ikaw ang nagsasabing ako'y hari. Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito ako naparito sa sanglibutan, upang bigyang patotoo ang katotohanan. Ang bawa't isang ayon sa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig." 38 Sinabi sa kaniya ni Pilato, Ano ang katotohanan?**

**18:33 "sa Pretorio"** Tignan Natatanging Paksa sa 18:28.

▣ **"Ikaw baga ang Hari ng mga Hudyo"** Si Hesus ay inakusahan ng pagtataksil sa bayan (cf. Mateo 27:11; Marcos 15:2; Lucas 23:2 at Juan 19:3,12,15,19-22).

**18:34 "Sumagot si Hesus, "Sinasabi mo baga ito sa iyong sarili, o sinabi sa iyo ng mga iba tungkol sa akin"** Kung si Pilato ay humihingi ng katanungan na tumutukoy sa politikal na paghahari, si Hesus ay maaring itanggi ito. Kung ang mga Hudyo ay ang nagmungkahi nito, magkagayon ito ay pantukoy sa Kanyang pagiging Mesyas at si Hesus ay paninindigan ito. Si Pilato ay halatang hindi handa na talakayin ang mga kasalimuutan ng mga Hudyong kaisipang pangrelihiyon (cf. v. 35).

**18:35** Ang unang tanong ay umaasam ng sagot na "hindi". Si Pilato ay nagpapahayag ng kanyang pag-iinsulto para sa relihiyon ng mga Hudyo.

**18:36 "Ang kaharian ko ay hindi sa sanglibutang ito: kung ang kaharian ko ay sa sanglibutang ito, ang aking mga alipin nga ay makikipagbaka"** Ito ay IKALAWANG URING PANGUNGUSAP NA MAY PASUBALI na tinatawag din "salungat sa katotohanan." Ito ay dapat na isalin sa "Kung ang Aking kaharian ay sa mundong ito, na hindi naman, magkagayon ang Aking mga tagapaglingkod ay makikipaglaban, na hindi naman nila ginagawa." Ang pariralang "aking mga lingkod" ay maaring tumutukoy sa (1) mga alagad o (2) ang mga anghel (cf. Mateo 26:53).

**18:37 "Sinabi nga sa kaniya ni Pilato, Ikaw nga baga'y hari?'"** Ito ay labis-labis na ironya sa labi ng simbolong ito ng makamundong kapangyarihan (i.e., Roma), na humaharap kay Hesus at sa Kanyang espirtiwal na kaharian. Ang tanong na ito ay umaasa ng sagot na "oo".

▣ **"Ikaw ang nagsasabing ako'y hari. Ako'y ipinanganak dahil dito, dahil dito ako naparito sa sanglibutan"** Ang unang parirala ay napakahirap na isalin dahil sa kalabuan nito. Ito ay isang paninindigan na may mga kwalipikasyon (cf. Mateo 27:11; Marcos 15:2; Lucas 23:3). Alam ni Hesus kung sino Siya (dalawang GANAP PAMANAHON PANDIWA), at kung bakit Siya naparito (cf. Juan 13:1,3; Marcos 10:45; Lucas 2:49; Mateo 16:22ff). Si Pilato ay hindi ito naunawaan!

▣ **"Ako'y ipinanganak dahil dito"** Si Hesus ay tumutukoy sa Kanyang tungkulin na ipahayag ang Ama (i.e., "na magpatotoo sa katotohanan"). Talagang mayroong tatlong mga kadahilanan kung bakit si Hesus ay dumating.

1. upang lubusan at ganap na ipahayag ang karakter ay layunin ng Diyos (cf. 1:18; 3:32)
2. upang mamatay bilang inosenteng kordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan (cf. 1:29)
3. upang bigyan ang mga mananampalataya ng halimbawa kung paano mamuhay at bigyan lugod ang Diyos

▣ **"Ang bawa't isang ayon sa katotohanan ay nakikinig ng aking tinig."** Ako ay laging naaantig ng "bawat isa," "maski sino," "kahit sino," "hanggang gaano karami"! Wow! Si YHWH ay tumutupad sa Gen. 3:15 kay Kristo. Si YYY

Tanging yaong may mga espiritwal na mata at tainga (i.e., 10:3,16,27; 18:37) ang maaring makaunawa ng katotohanan (cf. Mateo 11:15; 13:9,16,43; Marcos 4:9,23; Lucas 8:8; 10:23,24; 14:35; Pahayag 2:7,11,17,29; 3:6,13,22). Si Hesus ay ang katotohanan (14:6)! Kapag Siya ay nagsalita ang Kanyang mga tagasundo ay nakaririnig (cf. 10:1-5). Sa Juan ang "nakita o "narinig" na katotohanan ay teolohikal na kapantay sa pagtanggap ng "walang hanggang buhay."

**18:38 "Sinabi sa kaniya ni Pilato, Ano ang katotohanan"** Si Pilato ay nagtanong nito, ngunit kapag-dakay agad na lumisan bago niya natanggap ang kasagutan. Si Pilato ay nais na masiguro sa kanyang sarili na si Hesus ay walang banta sa pamahalaan ng Roma. Ginawa niya ito. Magkagayon ay sinubukan niyang pakawalan si Hesus na gaya ng nakagawian ng mga Hudyo sa tuwing panahon ng Paskuwa (cf. v. 39; Mateo 27:15). Si Juan ay nagsusulat, gaya ni Lucas, upang ipakita na ang Kristyanismo ay hindi banta sa Emperyo ng Roma (i.e., 18:38b; 19:4; Lucas 23:4,14,22).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 18:38b-40

**38b At nang masabi niya ito ay lumabas siyang muli sa mga Hudyo, at sa kanila'y sinabi, "Wala akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya. 39 Nguni't kayo'y may ugali, na pawalan sa inyo ang isa sa paskua: ibig nga baga ninyong sa inyo'y pawalan ko ang Hari ng mga Hudyo?" 40 Sila nga'y nagsigawang muli, na nangagsasabi, "Huwag ang taong ito, kundi si Barrabas." Si Barrabas nga'y isang tulisan.**

**18:39 "kayo'y may ugali"** Ito ay ipinaliwanag sa Mateo 27:15 at Lucas 23:17 (ngunit hindi nalalaman mula sa mga makasaysayang mga dokumentasyon sa labas ng NT).

**18:40 "Sila nga'y nagsigawang muli, na nangagsasabi, "Huwag ang taong ito, kundi si Barrabas"** Isang kabalighuan na si Barabbas na kasalukuyang myembro ng panatikong partido at, samakatuwid ay maysala sa pinakakaso na inaatang kay Hesus (cf. Marcos 15:7; Lucas 23:19,25). Ang mga tao na ito ay tila naghihintay doon upang suportahan ang kanilang kababayang lokal na bayani. Ang mga Hudyong awtoridad ay kinuha ang pagkakataong ito upang siguraduhin ang kondemnasyon ni Hesus (cf. Marcos 15:11).

Ito rin ay isang kabalihuan na ang pangalang "Barabbas" ay nangangahulugang "anak ng isang Ama." Si Juan ay

gumagamit ng mga paglalarong ito sa mga salita sa kanyang buong Ebanghelyo. Ang mga tao ay nagnais na "anak ng isang Ama" ang mapalaya sa halip na "Ang Anak ng Ama." Ang kadiliman ay lubusang dumating!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit pumunta si Hesus sa isang lugar na kung saan ay alam Niya na matatagpuan Siya ni Hudas?
2. Bakit kinaligtaan ni Juan ang matinding paghihirap ni Hesus sa Gethsemane?
3. Bakit dinala ng Sanhedrin si Hesus kay Pilato?
4. Bakit ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa pagitan ng Juan at ang mga Sinoptikong ay lubhang nakakalito?
5. Bakit inilarawan ni Juan si Pilato bilang nagsusubok na palayain si Hesus?

# JUAN 19

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Si Hesus ay Hinatulan ng Kamatayan (18:38b-19:16a) | Ang Paghamak ng mga Sundalo Kay Hesus | (18:38b-19:7) | Si Hesus ay Hinatulan ng Kamatayan (18:38b-19:16) | Si Hesus sa Harapan ni Pilato (18:28-19:11) |
| 18:38b-19:7 | | 18:38b-19:7 | | 18:33-19:3 |
| | | | 18:40-19:3 | |
| | 19:1-4 | | | |
| | Ang Kapasyahan ni Pilato | | 19:4-5 | 19:4-7 |
| | 19:5-16 | | | |
| | | | 19:6a | |
| | | | 19:6b | |
| | | | 19:7 | |
| 19:8-12 | | 19:8-12 | 19:8-9a | 19:8-11 |
| | | | 19:9b-10 | |
| | | | 19:11 | |
| | | | 19:12 | Si Hesus ay Hinatulan ng Kamatayan |
| | | | | 19:12-16a |
| 19:13-16a | | 19:13-16a | 19:13-14 | |
| | | | 19:15a | |
| | | | 19:15b | |
| | | | 19:15c | |
| | | | 19:16a | |
| Ang Pagkapako sa Krus ni Hesus | Ang Hari na nasa Krus | | Ipinako sa Krus si Hesus | Ang Pagkapako sa Krus |
| 19:16b-22 | | 19:16b-25a | 19:16b-21 | 19:16b-22 |
| | 19:17-24 | | | |
| | | | 19:22 | Pagkakabahagi ng Damit ni Hesus |
| 19:23-27 | | | 19:23-24 | 19:23-24 |
| | Narito ang Iyong Ina | | | Si Hesus at Kanyang Ina |
| | 19:25-27 | 19:25b-27 | 19:25-26 | 19:25-27 |
| | | | 19:27 | |
| Ang Kamatayan ni Hesus | Natupad na | | Ang Kamatayan ni Hesus | Ang Kamatayan ni Hesus |
| 19:28-30 | 19:28-30 | 19:28-30 | 19:28 | 19:28 |
| | | | 19:29-30a | 19:29-30 |
| | | | 19:30b | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Ang Pagtagos sa Tagiliran ni Hesus | Tinagos ang tagiliran ni Hesus | | Ang Tagiliran ni Hesus ay Tinagos | Ang Tinagos na Tagiliran |
| 19:31-37 | 19:31-37 | 19:31-37 | 19:31-37 | 19:31-37 |
| Ang Paglibing kay Hesus | Inilibing si Hesus sa Puntod ni Jose | | Ang Paglibing kay Hesus | Ang Paglibing |
| 19:38-42 | 19:38-42 | 19:38-42 | 19:38-42 | 19:38-42 |

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 19:1-7

**1Nang magkagayon nga'y tinangnan ni Pilato si Hesus, at siya'y hinampas. 2At ang mga kawal ay
nangagkamakama ng isang putong na tinik, at ipinutong sa kaniyang ulo, at siya'y sinuutan ng isang balabal na kulay-
ube; 3At sila'y nagsilapit sa kaniya, at nangagsabi, Magalak, Hari ng mga Hudyo! at siya'y kanilang pinagsuntukanan.
4At si Pilato ay lumabas na muli, at sa kanila'y sinabi, Narito, siya'y inilabas ko sa inyo, upang inyong matalastas na
wala akong masumpungang anomang kasalanan sa kaniya. 5Lumabas nga si Hesus, na may putong na tinik at balabal
na kulay-ube. Sa kanila'y sinabi ni Pilato, Narito, ang tao! 6Pagkakita nga sa kaniya ng mga pangulong saserdote at ng
mga punong kawal, ay sila'y nangagsigawan, na sinasabi, Ipako siya sa krus, ipako siya sa krus! Sinabi sa kanila ni
Pilato, Kunin ninyo siya, at ipako ninyo siya sa krus: sapagka't ako'y walang masumpungang kasalanan sa kaniya.
7Nagsisagot sa kaniya ang mga Hudyo, Kami'y mayroong isang kautusan, at ayon sa kautusang yaon ay nararapat
siyang mamatay, sapagka't siya'y nagpapanggap na Anak ng Diyos.**

**19:1 "tinangnan ni Pilato si Hesus, at Siya'y hinampas"** Ang pagkasunod-sunod ng oras at bilang ng mga paghagupit ay walang katiyakan. Ang lahat ng mga bilanggo na nahatulan ng pagpapapako sa krus ay hinahagupit. Ito ay isang napakalupit na karanasan na kung saan maraming tao ang namamatay mula dito. Subalit, sa kaugnay na kahulugan, Si Pilato ay tila pinahagupit si Hesus upang makakuha na pagkahabag sa layuning Siya ay palayain (cf. Lucas 23:16,22; Juan 19:12). Ito ay maaaring isang katuparan ng propesiya ng Isaias 53:5.

Ang paghahagupit ng mga Romano ay isang lubhang napakasakit, napakalupit na pagpaparusa na nakalaan para sa mga hindi Romano. Ang latigo ng mga balat na sinturon na may mga piraso ng buto o bakal na nakatali sa mga duto ang ginamit na panghampas sa isang taong nakayuko na ang kanilang mga kamay ay nakatali sa isang mababang tukod. Ang bilang ng mga palo ay hindi minamanduhan. It ay palaging ginagawa bago ang pagpapapako sa krus (cf. Livy XXXIII:36).

Ang mga Ebanghelyo ay gumagamit ng iba't-ibang mga salita upang ilarawan ang mga pamamalo sa mga kamay ng mga Romano.

1. Mateo 27:26; Marcos 15:15 – *phragelloō*, latiguhin o bugbugin
2. Lucas 23:16,22 – *paideuō*, sa orihinal ay parusa sa bata (cf. Hebreo 12:6-7,10), ngunit dito, tulad ng sa II Corinto 6:9, ay isang pamamalo
3. Juan 19:1 – *mastigoō*, sa orihinal ay ang pangalan ng latigo, Mateo 10:17; 20:19; 23:34; Gawa 22:24-25; Hebreo 11:36

Maaaring lahat sila ay magkakasingkahulugan o maaari silang mangahulugan ng dalawang uri ng pagmamalo
a. Kakaunting pagmamalo ni Pilato
b. Isang pambubugbog bago ang pagpapapako sa krus

**19:2 "At ang mga kawal ay nangagkamakama ng isang putong na tinik, at ipinutong sa Kaniyang ulo"** Ito ay isang paraan ng pagpapahirap na kung saan ang mga tinik ay idinidiin sa noo ni Hesus. Gayunman, ito ay ganap na maaari na ito ay kumakatawan sa isang nagliliwanag na putong na gawa sa mga dahon ng anahaw, na isa na namang paraan ng pangungutsa kay Hesus bilang isang hari (cf. Mateo 27:27-31; Marcos 15:15-20).

Ang Griyegong salita na "putong" (*stephanos*) ay ginamit sa kuwintas ng nagtagupay sa pampalakasan o isang laurel na korona na isinusuot ng Emperador.

▣ **"siya'y sinuutan ng isang balabal na kulay-ube"** Ang kulay-ube (*porphyros*) ay isang tanda ng maharlika, ang pangkulay ay napakamahal, dahil gawa ito sa isang kabibing molusko. Ang pula ay kulay ng mga balabal ng pinunong Romano (Marcos 15:17,20). Ang pulang pangkulay sa gawa mula sa kaliskis ng isang kulisap na nakikita sa mga puno ng encina. Ang balabal na ito ay isang pantukoy sa isang maharlikang kulay-ubeng balabal ng hari, ngunit sa katotohanan, ito ay maaaring isang kumupas na balabal ng isang pinunong Romano (cf. Mateo 27:28).

**19:3**
**NASB "At sila'y nagsilapit sa Kaniya, at nangagsabi"**
**NKJV "pagkatapos, sila ay nagsabi"**
**NRSV "Sila ay nagpatuloy na lumapit sa Kanya, at nagsabi"**
**TEV "at dumating sa Kanya at nagsabi"**
**NJB "Sila ay nagpapatuloy na dumating at nagsasabing"**

Ito ay mga DI GANAP NA MGA PANAHUNAN. Tila ang mga sundalo ay ginawa ito ng isa-isa pagkatpos nang iba. Ang pangungutsang ito ay may paghamak para sa mga Hudyo sa pangkahalatan kaysa kay Hesus sa pagtatangi. Maaaring nais ni Pilato na magkaroon ng pagkahabag para kay Hesus, ngunit ito ay hindi nangyari.

Muli sa mga sulat ni Juan, ang mga pahayag ng mga propesiya ay kadalasang inilalagay sa mga bibig ng mga kaaway. Ang mga sundalong ito ay nagsalita nang higit sa kanilang nauunawaan.

▣ **"at siya'y kanilang pinagsuntukanan *sa mukha*"** Ang salitang ito sa simula ay nangangahulugang "hatawin ng pamalo," ngunit ito ay ginamit na payak na "pagsampal na may bukas na palad." Ito ay maaaring isang panunuyang pagkumpas ng isang pangmaharlikang pagpupugay kaysa sa isang malupit nag paghampas sa mukha.

**19:4**
**NASB "wala akong masumpungang anomang kasalanan sa Kaniya"**
**NKJV "walang akong makitang pagkakamali sa Kanya"**
**NRSV "hindi ako makakita ng asunto sa Kanya"**
**TEV "hindi ako makakita ng dahilan upang Siya ay parusahan"**
**NJB "hindi ako makakita ng asunto laban sa Kanya"**

Ang isa sa mga layunin ni Juan ay maipakita na ang Kristiyanismo ay hindi banta sa pamahalaang Romano o sa kanyang mga pinuno. Tinala ni Juan na sinubukan ni Pilato na pakawalan si Hesus nang maraming beses (cf. 18:38; 19:6; Lucas 3:4,14,22).

**19:5**
**NASB, NKJV "Narito, ang tao!"**
**TEV, NET "Tingna ninyo! Nandito ang tao!"**
**NRSV, NJB,**
**REB "Nandito ang tao!"**

May maraming paraan upang maunawaan ang pariralang ito.
1. Si Hesus ay binihisan bilang linibak na hari
2. Si Hesus ay binugbog upang manawagan ng paghabag
3. Isang pantukoy sa Zacarias 6:12 (Sanggunian sa Mesias "ang Sanga")
4. Isang huling panindigan sa pagkatao ni Hesus (i.e., laban sa Nostisismo sa panahon ni Juan)
5. Kaugnay sa Aramaikong "anak ng tao," *bar nashā* (isang pang nakakubling sanggunian sa Mesias)

**19:6 "sila'y nangagsigawan, na sinasabi, 'Ipako siya sa krus! Ipako siya sa krus!'"** Ang dahilan ng mga pinunong Hudyo sa pagpapapako sa krus kay Hesus ay upang ang sumpa ng Deuteronomio 21:23 ay maging mabisa. Ito ang isang dahilan kung bakit maaaring mayroong dakilang mga pag-agam-agam si Pablo patungkol kay Hesus ng Nazaret na siyang Mesias ng Diyos. Gayunman, nabatid natin sa Galacia 3:13 na si Hesus ang nagdala ng ating sumpa sa krus (cf. Colosas 2:14).

▣ **"ako'y walang masumpungang kasalanan sa Kaniya"** Sinabi ito ni Pilato nanga tatlong beses (cf. 18:38; 19:4).

**19:7 "nararapat Siyang mamatay, sapagka't siya'y nagpapanggap na Anak ng Diyos"** Inaangkin ni Hesus na Siya ay kaisa sa Diyos, ang Kanyang sakdal na Anak. Ang mga Hudyo, na narinig ang Kanyang mga pahayag at nakaunawa na kanilang nais, ay walang mga alinlangan na Siya ay nag-aangkin ng pagiging Diyos (cf. 5:18; 8:53-59; 10:33). Ang totoong pagsasakdal ng udyo laban kay Hesus ay paglapastangan sa Diyos (cf Mateo 9:3; 26:65; Marcos 2:7; 14:64; Lucas 5:21; Juan 10:33, 36). Ang pagsasakdal na paglapastangan sa Diyos ay paparusahan sa pamamagitan ng pagbato (cf. Levitico 24:16). Kung si Hesus ay hind nagkatawang tao na ang pagka-Diyos ay bago pasimula, Siya ay kailangang batuhin!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:8-12

**8Pagkarinig nga ni Pilato ng salitang ito, ay lalong sinidlan siya ng takot; 9At siya'y muling pumasok sa Pretorio, at sinabi kay Hesus, Taga saan ka? Nguni't hindi siya sinagot ni Hesus. 10Sinabi nga sa kaniya ni Pilato, Sa akin ay hindi ka nagsasalita? Hindi mo baga nalalaman na ako'y may kapangyarihang sa iyo'y magpawala, at may kapangyarihang sa iyo'y magpako sa krus? 11Sumagot si Hesus sa kaniya, Anomang kapangyarihan ay hindi ka magkakaroon laban sa akin malibang ito'y ibinigay sa iyo mula sa itaas: kaya't ang nagdala sa iyo sa akin ay may lalong malaking kasalanan. 12Dahil dito'y pinagsisikapan ni Pilato na siya'y pawalan: nguni't ang mga Hudyo ay nagsisigawan, na nangagsasabi, Kung pawalan mo ang taong ito, ay hindi ka kaibigan ni Cesar: ang bawa't isang nagpapanggap na hari ay nagsasalita ng laban kay Cesar.**

**19:8 "Pagkarinig nga ni Pilato ng salitang ito, ay lalong sinidlan siya ng takot"** Nagbabala na ang asawa ni Pilato patungkol kay Hesus (cf. Mateo 27:19), at ngayon, ang mga pinunong Hudyo ay inaangkin na Siya ay nagbigay-diin na Siya ang Anak ng Diyos. Si Pilato, na mapamahiin, ay nagkaroon ng takot. Ito ay lubhang karaniwan para sa mga diyos ng Griyego at Romanong pantheon na dalawin ang pagiging tao sa anyo ng tao.

**19:9**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "Taga saan ka"**
**TEV, NJB,**
**NIV "Saan ka nanggaling"**

Hindi tinatanong ni Pilato ang tungkol sa bayang pinanggalingan ni Hesus ngunit ang Kanyang pinagmulan. Si Pilato ay nagsisimulang maunawaan ang kahalagahan ng taong nasa harapan niya. Nalalaman ni Hesus mula sa kanyang mga puna sa 18:38 na si Pilato ay hindi nais malaman ang katotohanan ngunit para sa kanyang pang-pulitikal na kapakanan, kaya hindi Siya tumugon.

Si Pilato ay kasama sa bilang ng mga taong namamangha kay Hesus ngunit hindi nauunawaan ang Kanyang pinagmulan (cf. 4:12; 6:42; 7:27-28,41-42; 8:14; 9:29-30). Ito ay bahagi ng pataas na dualismo ni Juan. Si Hesus ay galing sa itaas at walang sinuman sa ibaba ang makaaalam/makakaunawa/makakakita/makakarinig na walang paghipo ng Ama (i.e., 6:44,65; 10:29).

▣ **"hindi siya sinagot ni Hesus"** Nararapat na natatandaan ni Pilato ang tugon ni Hesus (cf. 18:37)! Ang ilan ay tinitingnan ito bilang katuparan ng Isaias 53:7.

**19:10 "at may kapangyarihang sa Iyo'y magpako sa krus"** Binigyang-diin ni Pilato na mayroon siyang pang-pulitikang kapangyarihan sa buhay at kamatayan, ngunit sa gitna ng nagkakagulong tao, tinalikuran niya ang karapatang ito sa kanilang kagustuhan. Ang tanong ni Pilato sa pangbalirala ay inaasahan ang "oo" na sagot.

**19:11 "Anomang kapangyarihan ay hindi ka magkakaroon laban sa akin malibang ito'y ibinigay sa iyo mula sa itaas"** Ito ay isang PANGALAWANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na tinatawag na "salungat sa katoothanan." Si Hesus ay hindi natatakot kay Pilato. Alama Niya kung sino Siya at bakit Siya naparito! Ang Bibliya ay nagbibigay diin na ang Diyos ang nasa likod ng lahat ng kapamahalaan ng tao (cf. Roma 13:1-7).

▣ **"ang nagdala sa iyo sa akin ay may lalong malaking kasalanan"** Sa unang pagbasa ito ay tila tumutukoy kay Hudas Iscariote (cf. 6:64,71; 13:11) ngunit karamihan ng mga komentarista ay naniniwalang ito ay tumutukoy kay Caiaphas, ang pinunong nagbigay kay Hesus sa mga Romano. Ang pariralang ito ay maaaring maunawaan sa panlahat na tumutukoy sa (1) mga iligal na mga pinunong Hudyo o (2) mga taong Hudyo sa kabuuan (cf. Mateo 21:33-46; Marcos 12:1-12; Lucas 20:9-19; Roma 9-11).

**19:12 "pinagsisikapan ni Pilato na Siya'y pawalan"** Ito ay isang DI GANAP NA PANAHUNAN na nangangahulugan ng paulit-ulit na pagkilos sa nakalipas na panahon. Sinubukan niya ito nang maraming beses.

▣ **"Kung pawalan mo ang Taong ito, ay hindi ka kaibigan ni Cesar"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Ang mga pinunong Hudyo ay nagbabanta na isusumbong si Pilato sa nakakataas sa kanya sa Roma kung siya ay hindi susunod sa kanilang kagustuhan at parusahan si Hesus ng kamatayan. Ang pariralang "kaibigan ni Cesar" ay isang kataga na nagpapakita ng isang titulong paggalang na ipinagkakaloob ng Emperador ng Roma (nagsimuna sinuman kina Augusto o Vespasian).

Cesar ay isang pantawag sa Emperador ng Roma. Ito ay galing kay Julio Cesar at ito ay pinagpatuloy ni Augusto.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:13-16

**[13]Nang marinig nga ni Pilato ang mga salitang ito, ay inilabas niya si Hesus, at siya'y naupo sa hukuman sa dakong tinatawag na Pavimento, datapuwa't sa Hebreo ay Gabbatha. [14]Noon nga'y Paghahanda ng paskwa: at noo'y mag-iikaanim ng oras. At sinabi niya sa mga Hudyo, Narito, ang inyong Hari! [15]Sila nga'y nagsigawan, Alisin siya, alisin siya, ipako siya sa krus! Sinabi sa kanila ni Pilato, Ipapako ko baga sa krus ang inyong Hari? Nagsisagot ang mga pangulong saserdote, Wala kaming hari kundi si Cesar. [16]Nang magkagayon nga'y ibinigay siya sa kanila upang maipako sa krus.**

**19:13 "Nang marinig nga ni Pilato ang mga salitang ito, ay inilabas niya si Hesus, at siya'y naupo sa hukuman"** Ang talala ay may kalabuan sa kung sino ang uupo sa hukuman. Kapwa sa Williams at Goodspeed na mga salin ay nagbigay-diin na ito ay si Hesus, mismo, ang inuupo sa isang mapangkutsang pamamaraan bilang Hari ng mga Hudyo. Gayunman, ang kaugnay na kahulugan ay nagpapahiwatig na si Pilato ang magbibigay ng hatol sa ilang saglit.

▣
**NASB, NKJV,**
**NJB** **"tinatawag na Pavimento, datapuwa't sa Hebreo ay Gabbatha"**
**NRSV** **"tinatawag na Batong Pavimento, o sa Hebreo ay Gabbatha"**
**TEV** **"tinatawag na 'Ang Batong Pavimento' (sa Hebreo at tawag ay 'Gabbatha')"**

Ang paggamit ng Hebreo/Aramaikong mga salita na may kasamang kahulugan ay nagpapakita na ang pinatutunguhang tagapakinig ni Juan para sa kanyang Ebanghelyo ay mga Hentil (cf. v. 17). Ang batong pavimento ay ang lugar ng Romanong pagpapahayag ng mga kautusan. Ang Aramaikong salita na *Gabbatha* ay nangangahulugang "mga itinaas na bato" o "nakataas na lugar."

**19:14 "Noon nga'y araw ng paghahanda ng Paskwa"** Mayroong isang halatang pagkakaiba sa pagitan ng paglalapat ng panahon ng Sinoptikong mga Ebanghelyo at ang paglalapat ng panahon ni Juan. Sa Sinoptiks, Si Hesus ay nagdaos ng piging ng Paskwa kasama ang mga alagad bago ang Kanyang pagkadakip (cf. Marcos 15:42), ngunit sa Juan ang piging ay nangyari sa Araw ng Paghahanda bago ang Pista. Tingnan ang buong tala sa 18:28.

▣ **"noo'y mag-iikaanim ng oras"** Ang pagkakasunod-sunod ng pangyayari sa paglilitis ni Hesus trial sa harap ni Pilato at sa Kanyang pagpapapako sa krus ay:

| | Mateo | Marcos | Lucas | Juan |
|---|---|---|---|---|
| Hatol ni Pilato | | | | Ika-6 na Oras<br>19:14 |
| Pagpapapako sa krus | | Ika-3 na Oras<br>15:25 | | |
| Naramdaman ang Kadiliman | Ika-6 at Ika-9 na Oras<br>27:45 | Ika-6 at Ika-9 na Oras<br>15:33 | Ika-6 at Ika-9 na Oras<br>23:44 | |
| Si Hesus ay Sumigaw nang Malakas | Ika-9 na Oras<br>27:46 | Ika-9 na Oras<br>15:3 | | |

Kung ang mga pagtatakda ng oras ay inihahambing, dalawang pamimiliang pagpapaliwanag ang maaaring limitaw.

1. Sila ay magkatulad. Si Juan ay gumagamit ng Romanong oras, na nagsisimula ng 12:00 n.u. (cf. Gleason L. Archer, *Encyclopedia of Bible Difficulties*, p. 364), at ang Sinoptiks ay gumagamit ng Hudyong oras, na nagsisimula ng 6:00 n.u.
2. Ipapahayag ni Juan sa mga susunod na oras ang pagpapapako sa krus kay Hesus na isa na namang halimbawa ng ng mga pagkakaiba sa pagitan ng Sinoptiks at Juan

Tila mula sa Juan 1:39 at 4:6 na siya ay gumagamit ng Hudyong oras at hindi Romanong oras (cf. M. R. Vincent, *Word Studies*, Tomo 1, p. 403).

Ang mga paglalapat ng panahon ay maaaring pang-sagisag sa mga Ebanghelyo dahil sila ay nauugnay sa

1. Oras ng mga pang-araw na pag-aalay sa Templo (9 n.u.. at 3 n.h. cf. Gawa 2:15; 3:1)

2. Noong pagkahapon ay ang kinaugaliang oras sa pagpatay ng Tupang pang-Paskwa sa hapon ng Nisan 14
Ang Bibliya, bilang isang sinaunang silanganing aklat, ay hindi tumutuon sa mga pagkakasunod-sunod ng pangyayari, di tulad ng mga makabagong pangkasaysayang kanluraning mga ulat.

▣ **"Narito, ang inyong Hari"** Katulad ng talatang 5 na maaaring isang pagkabanggit sa Zacarias 6:12, ang pariralang ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Zacarias 9:9 (tingnan kay F. F. Bruce, *Answers to Questions*, p. 72).

**19:14** Ang unang pangungusap ay isa na namang pagpunang editoryal.

**19:15 "Alisin *Siya*, alisin *Siya*, ipako *Siya* sa krus!"** Ang pariralang ito ay may tatlong MGA ORIST NA TAHAS NA PAUTOS. Ang salitang ugat na "ipako sa krus" ay nangangahulugang "itaas" o "dakilain"; ito ay maaaring isa sa mga dalawahang kahulugan ni Juan (cf. 3:14; 8:28; 12:32).

▣ **"Nagsisagot ang mga pangulong saserdote, 'Wala kaming hari kundi si Cesar'"** Ang kabalintunaan ay nakakapangilabot. Ang mga pinunong Hudyong ito ay may kasalanan ng kalapastanganan sa Diyos, ang siya ring bintang na kanilang ipinaparatang kay Hesus. Sa OT ang Diyos lamang ang Hari ng Kanyang bayan (cf. I Samuel 8).

**19:16 "kanila"** Sa Mateo 27:26-27 at Marcos 15:15-16 ang PANGHALIP ay tumutukoy sa mga sundalong Romano. Sa Juan ang pagkaunawa ay maaaring ibinigay ni Pilato si Hesus upang mapagbigyan ang mga kagustuhan ng mga pinunong Hudyo at ang at nagkakagulong tao.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:17-22

**17Kinuha nga nila si Hesus: at siya'y lumabas, na pasan niya ang krus, hanggang sa dakong tinatawag na Dako ng bungo, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Golgota: 18Na doo'y ipinako nila siya sa krus, at kasama niya ang dalawa pa, isa sa bawa't tagiliran, at si Hesus sa gitna. 19At sumulat din naman si Pilato ng isang pamagat, at inilagay sa ulunan ng krus. At ang nasusulat ay, HESUS NA TAGA-NAZARET, ANG HARI NG MGA HUDYO. 20Marami nga sa mga Hudyo ang nakabasa ng pamagat na ito, sapagka't ang dakong pinagpakuan kay Hesus ay malapit sa bayan; at ito'y nasusulat sa Hebreo, at sa Latin, at sa Griyego. 21Sinabi nga kay Pilato ng mga pangulong saserdote ng mga Hudyo, Huwag mong isulat, Ang Hari ng mga Hudyo; kundi, ang kanyang sinabi, Hari ako ng mga Hudyo. 22Sumagot si Pilato, Ang naisulat ko ay naisulat ko.**

**19:17 "pasan Niya ang *Kaniyang* krus"** Ang hugis ng krus sa unang-siglong Palestino ay hindi tiyak; ito ay maaaring isang malaking titik na T, isang maliit na titik na t, o isang X. Minsan maraming mga bilanggo ay ipinapako sa krus sa isang lugar. Kung ano man ang hugis, ang naparusahang bilanggo, na kakabugbog pa lang, ay kailangang dalhin ang isang kasangkapang kahoy papunta sa lugar ng pagpapakuan (cf. Mateo 27:32; Marcos 15:21; Lucas 14:27; 23:26).

▣ **"sa dakong tinatawag na Dako ng bungo, na sa wikang Hebreo ay tinatawag na Golgota"** Ang tiyak na kahulugan ng pariralang ito ay hindi maliwanag. Ang Hebreo/Aramaikong salita ay hindi tumutukoy sa isang burol na puno ng bungo, ngunit sa isang mababa na kalbong burol na nasa may isang pangunahing daanan sa Herusalem. Ang mga Romano ay nagpapako sa krus upang masupil ang paghihimagsik. Ang makabaong archaeolohiya ay hindi tiyak ang kinaroroonan ng sinaunang mga pader ng lungsod. Si Hesus ay pinatay sa labas ng pader ng lungsod sa isang kilalang pang-madlang lugar ng pagbitay!

**19:18 "doo'y ipinako nila Siya sa krus"** Wala sa mga Ebanghelyo ang nagbigay ng mga pisikal na detalye ng pagpapapako sa krus ng mga Romano. Ang mga Romano ay natutunan ito mula sa mga Carthaginiano, na natutunan ito mula sa mga Persyano. Kahit na ang tiyak na hugis ng krus ay hindi maliwanag. Nalalaman natin, gayunman, na ito ay isang malupit, matagal na kamatayan! Ito ay isinasagawa upang manatiling buhay ang tao at nasasaktan paglipas nang maraming araw. Kadalasang ang kamatayan ay nangyayari sa pagkalagot ng hininga. occurred by asphyxiation. Ito ay ginawag upang masupil ang paghihimagsik laban sa Roma.

▣ **"ang dalawa pa"** Ito ang katuparan ng propesiya ng Isaias 53:9, na naitala sa Mateo 27:38; Marcos 15:27; at Lucas 23:33.

**19:19 "sumulat din naman si Pilato ng isang pamagat"** Si Pilato ay maaaring sinulat-kamay ang pamagat (*titlon*) na isinulat ng isa sa isang kahoy na paskil. Tinawag ito ni Mateo na "ang bintang" (*aitian*, cf. Mateo 27:37), subalit sina Marcos at Lucas ay tinawag itong tatak (*epigraphē*, cf. Marcos 15:26; Lucas 23:38).

**19:20 "at ito'y nasusulat sa Hebreo, at sa Latin, at sa Griyego"** "Hebreo" ay tumutukoy sa Aramaiko (cf. 5:2; 19:13,17;

20:16; Josepho, *Antiq*. 2.13.1). Ito ay nakakawiling punahin ang mga pagkakaiba sa mga Ebanghelyo kung paano isinulat ang mga salita ng pagbibintang na inilagay sa ibabaw ng ulo ni Hesus sa krus.

1. Mateo 27:37 – "Ito si Hesus, ang Hari ng mga Hudyo"
2. Marcos 15:26 – "Ang Hari ng mga Hudyo"
3. Lucas 23:38 – "Ito ang Hari ng mga Hudyo"
4. Juan 19:19 – "Si Hesus, ang Nazareno, ang Hari ng mga Hudyo"

Ang bawat isa ay magkakaiba, ngunit ang saligan ay magkatulad. Ito ay totoo at halos lahat ng mga pagkakaiba sa detalyeng pangkasaysayan ng mga Ebanghelyo. Ang bawat may-akda ay nag-ulat sa kaniyang alaala sa hindi gaanong magkakaibang mga paraan, ngunit sila pa rin ay mga katulad na mga tala ng isang saksi.

Ninais ni Pilato na yamutin ang mga pinunong Hudyong sa paglagay ng mismong pantawag na kanilang kinakatakutan sa krus ni Hesus (cf. v. 21-22).

**19:22 "Ang naisulat ko ay naisulat ko"** Ito ay dalawang GANAP NA PANAHUNAN MGA PANDIWA na nagbibigay-diin sa pagkatapos at kawakasan ng naisulat.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:23-25a

**23 Ang mga kawal nga, nang si Hesus ay kanilang maipako na sa krus, ay kanilang kinuha ang kaniyang mga kasuutan at pinag-apat na bahagi, sa bawa't kawal ay isang bahagi; at gayon din naman ang tunika: at ang tunika ay walang tahi, na hinabing buo mula sa itaas. 24 Nangagsangusapan nga sila, Huwag natin itong punitin, kundi ating pagsapalaranan, kung mapapakanino: upang matupad ang Kasulatan, na nagsasabi, Binahagi nila sa kanila ang aking mga kasuutan, At ang aking balabal ay kanilang pinagsapalaran. 25 Ang mga bagay ngang ito ay ginawa ng mga kawal.**

**19:23 "pinag-apat na bahagi, sa bawa't kawal ay isang bahagi"** Ang mga sundalo ay nagsugal para sa mga damit ni Hesus. Ito ay tumutukoy sa Kanyang panglabas na kasuotan lamang. Hindi maliwag kung papaano nahati sa apat na paraan ang kasuotan ni Hesus. Ito ay maaaring tumukoy sa Kanyang sapatos, balabal sa panalangin (*tallith*), sinturon, at panlabas na damit. Hindi tiyak kung nagsusuot si Hesus ng isang turban. Ang mga Hudyo ay nangatitisod sa lubos na kahubaran. Ito ay isa na namang katuparan ng propesiya na sinipi sa v. 24 (cf. Awit 22:18).

▣ **"ang tunika"** Ang panlabas na kasuotan ni Hesus ay tumutukoy sa PANGMARAMIHANG salita na *himatia*. Ang Kanyang mahabang panloob na damit, na isinusuot sa pagkatapos ng balat, ay ang tunika (*chitōn*). Ang pagkakaiba nila ay makikita sa Mateo 5:40 at Lucas 6:29. Si Dorcas ay gumagawa ng kapwa uri ng damit (cf. Gawa 9:39). Ang mga unang-siglong Hudyo ay mukhang nagsusuot ng isa pang karagdagang damit na panloob na tinatawag na bahag na damit. Si Hesus ay hindi lubusang nahubaran

Ang huling parirala ng v. 23 ay isa na namang pagpunang editoryal mula sa isa na nabuhay kasama ni Hesus.

▣ **"ang tunika ay walang tahi, na hinabing buo mula sa itaas"** Ito ay maaaring may teolohikong kahalagahan. Ang tunika na katulad nito ay hindi karaniwang at maaaring napakamahal. Ito ay tila labas sa katangian ni Hesus na magkaroon ng di-karaniwang mamahaling damit. Mula kay Josepho (*Antiq*. 3.7.4), alam natin ang ang Pinunong Saserdote ay nagsusuot ng balabal na katulad nito, bilang isang rabinikal na kaugalian na pagbibigay-diin sa ginawa ni Moises. Maaari itong maging sangunian kay Hesus bilang

1. ang Pinunong Saserdote (cf. Hebreo)
2. ang bagong taga-pagbigay ng kautusan

Ang mga dalawahang kahulugan ay palaging marahil sa Ebanghelyo ni Juan, ngunit ang mga tagapagsalin ay kailangang maging maingat na hindi gawin alegorya ang lahat ng mga bahagi!

**19:24 "upang matupad ang Kasulatan"** Ang Awit 22 ay bumubuo ng kaligiran sa OT sa pagpapapako sa krus.

1. Awit 22:1-2 – Mateo 27:46; Marcos 15:34
2. Awit 22:7-8 – Mateo 27:39,43; Marcos 15:29; Lucas 23:35
3. Awit 22:15 – Mateo 27:48; Marcos 15:36; Lucas 23:36; Juan 19:28,29
4. Awit 22:16 – Mateo 27:35; Marcos 15:24; Juan 20:25
5. Awit 22:18 – Mateo 27:35; Marcos 15:24; Lucas 23:34; Juan 19:24
6. Awit 22:27-28 – Mateo 27:54; Marcos 15:39; Lucas 23:47; (Juan 20:31; Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Gawa 1:8)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:25b-27

**25b Datapuwa't nangakatayo sa piling ng krus ni Hesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si**

**Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena. [26]Pagkakita nga ni Hesus sa kanyang ina, at sa nakatayong alagad na kaniyang iniibig, ay sinabi niya sa kaniyang ina, Babae, narito, ang iyong anak! [27]Nang magkagayo'y sinabi niya sa alagad, Narito, ang iyong ina! At buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling tahanan.**

**19:25 "nangakatayo sa piling ng krus ni Hesus ang kaniyang ina, at ang kapatid ng kaniyang ina, na si Maria na asawa ni Cleopas, at si Maria Magdalena"** Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa kung may apat na pangalan dito o tatlong pangalan. It ay maaaring may apat na mga pangalan dahil walang dalawang kapatid na babae ang nagngangalang Maria. Ang kapatid ni Maria na, si salome, ay pinangalanan sa Marcos 15:40 at 16:1. Kung ito ay totoo, kung gayon ito ay nangangahulugang sina Santiago, Juan, at Hesus ay magpipinsan. Ang pangalawang siglo na kaugalian (*Hegesippus*) ay nagsasabing si Clopas ay kapatid ni Jose. Si Maria Magdalena ay isa sa mga pinagpalayasan ni Hesus ng pitong demonyo, at ang unang pinili Niya na pagpakitaan pagkatapos ng Kanyang muling pagkabuhay (cf. 20:1-2, 11-18; Marcos 16:1; Lucas 24:1-10).

## NATATANGING PAKSA: ANG MGA BABAING SUMUNOD KAY HESUS

A. Ang unang pagkabanggit sa mga kababaihang tagasunod ni Hesus na tumulong sa Kanya at sa pangkat ng Apostol ay sa Lucas 8:1-3.
   1. Si Maria, na tinatawag na Magdalena (v. 2)
      a. Mateo 27:56,61; 28:1
      b. Marcos 15:40,47; 16:1,9
      c. Lucas 8:2; 24:10
      d. Juan 19:25; 20:1,11,16,18
   2. Si Joanna, ang asawa ni Chuza (lingkod ni Herodes, v. 3) ay naibilang din sa Lucas 24:10
   3. Si Susanna (v. 3)
   4. "at marami pang iba na nag-aambag ng kanilang pagtulong mula sa mga pansariling pamamaraan" (v. 3)

B. Isang pangkat ng mga kababaihan ay nabanggit na nandoon sa pagpapapako sa krus
   1. Tala ni Mateo
      a. Maria Magdalena (27:56)
      b. Maria ang ina nina Santiago at Josepho (27:56)
      c. Ang ina ng mga anak ni Zebedeo (27:56)
   2. Tala ni Marcos
      a. Maria Magdalena (15:40)
      b. Maria ang ina ni Santiago na mas maliit at Joses (15:40)
      c. Salome (15:40)
   3. Ang sinabi lamang ni Lucas, "ang kababaihan na sinamahan Siya mula Galilea" (23:49)
   4. Tala ni Juan
      d. Maria, ina ni Hesus (19:25)
      e. Kapatid ng Kaniyang ina (19:25)
      f. Maria ng Clopas [KJ Cleophas, ito ay maaaring mangahulugang asawa ni Clopas o anak na babae ni Clopas] (19:25)
      g. Maria Magdalena (19:25)

C. Isang pangkat ng mga kababaihan na nabanggit na binabantayan ang lugar na pinaglibingan kay Hesus
   1. Tala ni Mateo
      a. Maria Magdalena (27:61)
      b. Isa pang Maria (27:61)
   2. Tala ni Marcos
      a. Maria Magdalena (15:47)
      b. Maria ang ina ni Joses (15:47)
   3. Ang sinabi lamang ni Lucas, "ang kababaihang sumama sa Kaniya palabas ng Galilea" (23:55)
   4. Si Juan ay walang tala ng mga kababaihang dumalaw sa libingan

D. Isang pangkat ng kababaihan na dumating sa libingan nang maaga ng Linggo ng Umaga
   1. Tala ni Mateo
      a. Maria Magdalena (28:1)
      b. Isa pang Maria (28:1)
   2. Tala ni Marcos
      a. Maria Magdalena (16:1)
      b. Maria na ina ni Santiago (16:1)
      c. Salome (16:1)
   3. Tala ni Lucas

a. “sila sa dumating sa libingan” (24:1-5,24)
(1) Maria Magdalena (24:10)
(2) Joanna (24:10)
(3) Maria na ina ni Santiago (24:10)
4. Si Juan ay tinala lamang si Maria Magdalena (20:1,11)
E. Ang mga kababaihan na nabanggit na nandoon sa itaas na silid (Gawa 1:14)
1. “mga kababaihan” (1:14)
2. Si Maria na ina ni Hesus (1:14)
F. Ang tiyak na kaugnayan sa pagitan ng magkakaibang kababaihan sa mga magkakaibang talang ito ay hindi maliwanag. Maliwanag na si Maria Magdalena ay mayroong nangingibabaw na tungkulin. Isang mainam na lathala sa “kababaihan” sa buhay at gawain ni Hesus ay matatagpuan sa *Dictionary of Jesus and The Gospels* na nailimbag ng IVP, pp. 880-886.

**19:26 “alagad na Kaniyang iniibig”** Yamang si Juan ay hindi nabanggit sa pangalan sa Ebanghelyo, marami ang nagpapalagay na ito ang kanyang paraan na maipakilala ang sarili (cf. 13:23; 19:26; 21:7,20). Sa bawat isa ng mga ito siya ay gumagamit ng salitang *agapaō*, ngunit sa 20:2 siya siya ay gumamit ng katulad na parirala ngunit kasama ang *phileō*. Ang mga salitang ito ay magkasingkahulugan sa Juan; paghambingin ang 3:35, *agapaō* at 5:20, *phileō*, na kapwa ba tumutukoy sa pag-ibig ng Ama para sa Anak.

**19:27 “buhat nang oras na yaon ay tinanggap siya ng alagad sa kaniyang sariling *tahanan*”** Ito ay hindi kailangang mangahulugang tinanggap nang agaran ni Juan si Maria sa kanyang tahanan, bagaman ito ay maaaring maipahiwatig ng katotohanang hindi siya kasama sa mga tala ng ibang kababaihan sa Mateo 27:56 at Marcos 15:40. Ang tradisyon ay nagsasabing kinalinga ni Juan si Maria hangang sa kanyang kamatayan at saka siya pumunta sa Asya Minor (lalo na sa Efeso) kung saan siya ay may mahaba at matagumpay na gawain. Ito ay sa pag-uudyok ng mga matatanda sa Efeso na si Juan, bilang isang matanda na, ay sumulat ng kanyang mga alaala sa buhay ni Hesus (i.e., ang Ebanghelyo ni Juan).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:28-30

**28 Pagkatapos nito, pagkaalam ni Hesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap na nga, upang matupad ang kasulatan, ay sinabi, Nauuhaw ako. 29 Mayroon doong isang sisidlang puno ng maasim na alak: kaya't naglagay sila ng isang esponghang basa ng maasim na alak sa isang tukod na isopo, at kanilang inilagay sa kaniyang bibig. 30 Nang matanggap nga ni Hesus ang maasim na alak, ay sinabi niya, Naganap na: at iniyukayok ang kaniyang ulo, at nalagot ang kaniyang hininga.**

**19:28 “pagkaalam ni Hesus na ang lahat ng mga bagay ay naganap na nga, upang matupad ang kasulatan, ay sinabi, ‘Nauuhaw ako’”** Hindi matiyak ang palaugnayan kung ang Kasulatang binanggit ay tumutukoy sa pariralang “Ako ay nauuhaw” o “ang lahat ng mga bagay ay naganap na nga.” Kung ito ay titingnan sa tradisyonal sa paraan, kung gayon ang “Ako ay nauuhaw” ay isang sanggunian sa Awit 69:21.

**19:29 “Mayroon doong isang sisidlang puno ng maasim na alak”** Ito ay isang mumurahing alak, isang maasim na alak. Ito ay maaaring kapwa para sa mga kawal at para sa ipapako sa krus. Ibinibigay sila sa maliit na sukat ng likido upang tumagal ang small pagpapapako sa krus.

▣ **“maasim na alak”** Ito ay nangangahulugang “suka.” Ito ang inumin ng mahihirap na tao. Pansinin na si Hesus ay hindi uminom ng alak na may narkotiko na inaalok ng mga kababaihan ng Herusalem (cf. Marcos 15:23; Mateo 27:34). Maaaring ang dahila Niya Siya sa pagtanggap ng inuming ito ay upang matupad ang Awit 22:15. Siya ay lubhang nauuhaw para makapagsalita at Siya ay may isa pang dapat sabihin.

▣ **“sa isang *tukod* na isopo”** Ang ilan ay nakikita ito bilang isang simbolikong paggamit ng natatanging halaman na ginamit sa paglilingkod sa Paskwa (cf. Exodo 12:22). Ang iba ay naniniwala na mayroong sinaunang pagkakamali sa pagsulat ng salita at sa dati ay nangangahulugang “sibat,” “dyabelin,” o “tungkod” (cf. NEB ngunit ang REB ay ibinalik sa isopo). Mateo 27:48 at Marcos 15:36 ay “tambo.”

Ang dahilan na marami ang nakakakita ng isang pagbabago sa pagsulat ay dahil sa ang halamang isopo ay walang mahahabang tangkay (2 hanggang 4 na talampakan lamang), ngunit kailangan maalala na ang mga krus at hindi itinataas nang napakatas sa ibabaw ng lupa. Ang ating kaugalian ay naglalarawan ng isang mataas na krus ay maaaring ating di-pagkakaunawa sa 3:14. Ang paa ni Hesus ay maaaring nasa isa o dalawang talampakan sa lupa.

**19:30 "Naganap na!"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK MAY PAHIWATIG. Mulo sa Sinoptikong mga Ebanghelyo natutunan nating na isinigaw Niya ito nang may malakas na pag-iyak (cf. Marcos 15:37; Lucas 23:46; Mateo 27:50). Ito ay tumutukoy sa natapos na gawain ng pagtubos. Ang anyo ng salita (*telos*) sa Ehiptong papyri Egyptian mga papirus (Moulton at Milligan) ay ang pangkalakal sa kataga para sa "bayaran nang buo."

▣ **"iniyukayok ang Kaniyang ulo, at nalagot ang Kaniyang hininga"** Ang pariralang "iniyukayok ang Kaniyang ulo" ay pangwikain ng "matutulog." Ang kamatayan ni Hesus isang payapang yugto para sa Kanya. Ang pagkaunawa ay sa kamatayan ang espirituwal aspeto ng isang tao ay nahihiwalay sa pisikal. Ito ay tila nangangailangan ng isang kalagayang pagbubuwag para sa mga mananampalataya sa pagitan ng kamatayan at araw ng muling pagkabuhay (cf. II Corinto 5; I Thesalonica 4:13-18, tingnan si William Hendriksen, *The Bible On The Life Hereafter*).

Ang Ebanghelyo ay magkakatulad sa Marcos 15:37 at Lucas 23:46 na may "Siya ay huminga ng Kanyang huling hininga." Ang Hebreong salita para sa "espiritu" at "hininga" ay magkatulad. Ang Kanyang huling hininga ay tinitingnan bilang paglisan ng Kanyang Espiritu sa katawan (cf. Genesis 2:7).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:31-37

**31Ang mga Hudyo nga, sapagka't noo'y Paghahanda, upang ang mga katawan ay huwag mangatira sa krus sa sabbath (sapagka't dakila ang araw ng sabbath na yaon), ay hiniling nila kay Pilato na mangaumog ang kanilang mga hita, at upang sila'y mangaalis doon. 32Nagsiparoon na ang mga kawal, at inumog ang mga hita ng una, at ng sa isa na ipinako sa krus na kasama niya: 33Nguni't nang magsiparoon sila kay Hesus, at makitang siya'y patay na, ay hindi na nila inumog ang kaniyang mga hita: 34Gayon ma'y pinalagpasan ang kaniyang tagiliran ng isang sibat ng isa sa mga kawal, at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig. 35At ang nakakita ay nagpatotoo, at ang kaniyang patotoo ay totoo: at nalalaman niyang siya'y nagsasabi ng totoo, upang kayo naman ay magsisampalataya. 36Sapagka't ang mga bagay na ito ay nangyari, upang matupad ang kasulatan, Ni isa mang buto niya'y hindi mababali. 37At sinabi naman sa ibang kasulatan, Magsisitingin sila sa kaniya na kanilang pinagulusanan.**

**19:31 "upang ang mga katawan ay huwag mangatira sa krus sa sabbath"** Ang mga Hudyo ay lubhang nababahala sa mga patay na katawan na makakapagparuming seremonyal sa lupa (cf. Deuteronomio 21:23), lalo na sa Dakilang Banal na Sabbath ng Paskwa.

▣ **"(sapagka't dakila ang araw ng sabbath na yaon)"** Ito ay maipapaliwanag sa dalawang paraan.

1. Ang paging ng Paskwa at ang Sabbath ay magkasabay sa tanging taon na iyon (ang mga Hudyo ay gumagamit ng kalendaryo ng buwan)
2. Ang Pista ng Tinapay ang Walang Libadura ay kasabay ng Sabbath ng taong ito

Ang Pista ng Paskwa at Walang Libadurang Tinapay (cf. Exodo 12) ay naging isang walong-araw na pagdiriwang.

▣ **"mangaumog ang kanilang mga hita, at upang sila'y mangaalis doon"** Tila ang kalagayang ito ay nangyari na dati. Isang malaking maso ang ginamit upang baliin ng mga tuhod ng mga taong napako sa krus. Ang pagpapapako sa krus ay kadalasang nagdudulot ng kamatayan dahil sa pagkawala ng hanging sa katawan. Ang pagbali sa tuhod ay nagdudulot nito halos kaagad dahil ang tao ay hindi na makakatingkayad sa kanyang paa upang huminga.

**19:33 "makitang Siya'y patay na, ay hindi na nila inumog ang Kaniyang mga hita"** Ito ay maaaring katuparan ng propesiya sa pagbabalik sa Exodo 12:46; Bilang 9:12 at Awit 4:20.

**19:34 "pinalagpasan ang kaniyang tagiliran ng isang sibat ng isa sa mga kawal, at pagdaka'y lumabas ang dugo at tubig"** Ito ay isang detalye ng patotoong medikal na nagpapakita Siya ay tunay namatay at sa gayon ay nagpapahayag ng tunay na pagkatao ni Hesus ang Mesias. Ang Ebanghelyo of Juan, gaya nang I Juan, ay isinulat sa mga panahon ng pag-usbong ng Nostisismo na naninindigan sa pagka-Diyos ni Hesus ngunit itinatanggi ang Kanyang pagiging tao.

**19:35** Ang talatang ito ay isang puna ni Juan, na siyang kaisa-isang saksi sa lahat ng pangyayari ng (1) gabi ng mga paglilitis; (2) ang Romanong paglilitis; at (3) ang pagpapapako sa krus. Ang puna sa kamatayan ni Hesus ay katulad sa 20:30-31, na nagpapakita ng pang-ebanghelyong layunin ng Mabuting Balita (Ebanghelyo) (cf. 21:24). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Saksi (patotoo) kay Hesus sa 1:8.

May isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan sa PANDIWA ng huling sugnay. Ang ilang tekso ay may PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN at ang iba ay AORIST PANAHUNAN. Kung ito ay orihinal na isang AORIST, ang pagtuon nito ay sa mga di-mananampalataya, gaya ng 20:30-31. Gayunman, kung ito ay PANGKASALUKUYAN ito ay tumutuon sa nagpapatuloy at

lumalagong pananampalataya. Ang Ebanghelyo ni Juan ay tila inuukol sa kapwa pangkat.

▣ **"totoo. . .katotohanan"** Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 6:55 at 17:3.

**19:36** Ito ay maaaring isang pagkabanggit sa Kordero ng Paskwa mula sa Exodo12:46; Bilang 9:12; o Awit 34:20. Ito ay nakabatay sa kung anong pariral ang pinatutungkulang: (1) tumagos o (2) nadurog. Si Hesus mismo ang nagpakita sa naunang iglesiya ang Banal na Kasulatan sa panahon ng 40 araw na Siya ay nanatili sa munda pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Lucas 24:27; Gawa 1:2-3). Ang pangangaral ng naunang iglesiya (sa Gawa) ay umaaninag sa mga natupad ng mga propesiya sa OT na ipinakita sa kanila ni Hesus.

**19:37** Ito ay isang sipi mula sa Zacarias 12:10 na isa sa mga dakilang pangako na

1. Ang Israel, isang araw, ay babaling kay Hesus, ang Mesias, sa pananampalataya (cf. Pahayag 1:7)
2. Marami sa mga Hudyo na nananampalataya na ay nagdadalamhat sa kamatayan ni Hesus
3. Ito ay tumutukoy sa mga sundalong Romano (cf. Mateo 27:54) na kumakatawan sa mga Hentil na bansa (cf. 12:32)

Ito ay nakakakwil na ang siping ito ay maliwanag na galing sa Tekstong Masoretic Hebreo Text, at hindi Septuagint na kadalasang sinisipi ng mga manunulat ng Ebanghelyo. Ang Septuagint ay "nanlibak," ngunit ang Tekstong Masoretic ay "tumagos."

## TALATA SA NASB (BINAGO): 19:38-42

**38 At pagkatapos ng mga bagay na ito si Jose na taga Arimatea, palibhasa'y alagad ni Hesus, bagama't lihim dahil sa katakutan sa mga Hudyo, ay namanhik kay Pilato na makuha niya ang bangkay ni Hesus; at ipinahintulot ni Pilato sa kaniya. Naparoon nga siya, at inalis ang kaniyang bangkay. 39 At naparoon naman si Nicodemo, yaong naparoon nang una sa kaniya nang gabi, na may dalang isang pinaghalong mirra at mga aloe, na may mga isang daang libra. 40 Kinuha nga nila ang bangkay ni Hesus, at binalot nila ng mga kayong lino na may mga pabango, ayon sa kaugalian ng mga Hudyo sa paglilibing. 41 Sa dako nga ng pinagpakuan sa kaniya ay may isang halamanan; at sa halamana'y may isang bagong libingan na kailan ma'y hindi pa napaglalagyan ng sinoman. 42 Doon nga, dahil sa Paghahanda ng mga Hudyo (sapagka't malapit ang libingan) ay kanilang inilagay si Hesus.**

**19:38-39 "Jose. . . Nicodemo"** Sila na mga mayaman, inpluwensyal na kasapi ng Sanhedrin ay mga lihim na alagad ni Hesus na na lumantad sa madla sa ganitong kritikal at mapanganib sa panahon.

**19:39 "may dalang isang pinaghalong mirra at mga aloe, na may mga isang daang *libra*"** Ito ay mga tradisyonal na mga aromatikong pabangong panlibingan ng mga Hudyo noong unang siglo. Ang halaga ay napakamahal; marami ang tumitingin dito bilang isang sagisag ni Hesus na inilibing bilang isang hari (cf. II Chronika 16:14). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Pagpapahid ng Langis sa 11:2.

Ang Griyegong salita para sa "hinalo" (*migma*), ay matatagpuan sa MSS $P^{66}$, $\aleph^2$, A, D, L, at karamihan sa mga Ama ng at salin ay nakakagulat na nabago sa "kaha" (*eligma*) sa MSS $\aleph^*$, B, W, at sa ilang mga saling Coptic. Ang $UBS^4$ ay nagbigay sa "hinala" ng "B" na antas (halos tiyak).

## NATATANGING PAKSA: PABANGONG PANLIBINGAN

A. Mira, isang pampalasa pandikit mula sa mga puno ng Arabia
   1. Ang pampalasang ito ay binanggit ng labindalawang beses sa OT, karamihan sa Panitikang pangkarunungan bilang isang pabango
   2. Ito ay isa sa mga kaloob na dinala ng mga pantas sa sanggol na si Hesus (cf. Mateo 2:11)
   3. Ang simbolismo nito ay nakamamangha
      a. Ginamit sa "banal na pagpapahid ng langis" (Exodo 30:23-25)
      b. Ginamit bilang isang kaloob sa hari (Mateo 2:11)
      c. Ginamit upang pahiran ng langis si Hesus sa Kanyang libing (cf. Juan 19:39 at simboliko sa Juan 11:2). Ito ay ayon sa mga kaugalian ng mga Hudyo na inilalarawan sa Talmud (i.e., Berakhoth 53a).

B. Aksibal, isang mabangong uri ng kahoy
   1. Naiuugnay sa mahalimuyak na pabango (cf. Bilang 24:6; Awit 45:8; Kawikaan 7:17; Awit ni Solomon 4:14)
   2. Ito ay ginamit na kahalo ng mira, ng mga tage-Ehipto bilang bahagi ng pag-e-embalsamo
   3. Si Nicodemo ay nagdala ng isang malaking halaga nito para sa libing ni Hesus at pahiran siya ng langis (cf. Juan 19:39). Ito ay ayon sa mga kaugalian ng mga Hudyo na inilalarawan sa Talmud (i.e., Betsah 6a).

**19:40 "Kinuha nga nila ang bangkay ni Hesus, at binalot nila ng mga kayong lino na may mga pabango"** Ang mga panimpla ay may dalawang layunin: (1) upang patayin ang amoy at (2) upang kumapit ang mga pangbalot ng bangkay na nasa lugar.

**19:41 "Sa dako nga ng pinagpakuan sa kaniya ay may isang halamanan"** Mahalaga itong maunawaan na ang pagmamadali nina Jose at Nicodemo ay gumana. Si Hesus ay namatay ng 3:00 n.hm. at kailangang mailagay sa libigan ng 6:00 n.g., na simula ng pang-Hudyong Sabbath ng Paskwa..

▣ **"isang bagong libingan na kailan ma'y hindi pa napaglalagyan ng sinoman"** Ito ay isang PAIKOT-IKOT NA GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Nalaman nating mula sa Mateo 27:60 na ito ay sariling libinga ni Jose. Ito ay isang katuparan ng Isaias 53:9 na sinipi sa Mateo 27:57.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit pinalo at hinagupit ng mga sundalo si Hesus?
2. Ano ang kahalagahan ng paulit-ulit ni Pilato na palayain si Hesus?
3. Bakit ang pahayag ng Hudyong Saserdote sa talata 15 lubhang nakakabigla?
4. Bakit ang mga detalye ng pagpapapako sa krus ay iba-iba mula sa Ebanghelyo sa ibang Ebanghelyo?
5. Panaanong ang Deuteronomio 21:23 ay kaugnay sa pagpapapako sa krus ni Hesus?

# JUAN 20

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Muling Pagkabuhay ni Hesus | Ang Walang Laman na Libingan | Ang Muling Pagkabuhay | Ang Walang Laman na Libingan | Ang Walang Lamang Libingan |
| 20:1-10 | 20:1-10 | 20:1-10 | 20:1-10 | 20:1-2 |
| | | | | 20:3-10 |
| Ang Pagpapakita ni Hesus kay Maria Magdalena | Nakita ni Maria Magdalena ang Nabuhay na Panginoon | | Nagpakita si Hesus kay Maria Magdalena | Ang Pagpapakita kay Maria Magdalena |
| 20:11-18 | 20:11-18 | 20:11-18 | 20:11-13a | 20:11-18 |
| | | | 20:13b | |
| | | | 20:14-15a | |
| | | | 20:15b | |
| | | | 20:16a | |
| | | | 20:16b | |
| | | | 20:17 | |
| | | | 20:18 | |
| Ang Pagpapakita ni Hesus sa mga Alagad | Ang Pagtatalaga sa mga Apostol | | Nagpakita si Hesus sa Kanyang mga Alagad | Mga pagpapakita sa mga Alagad |
| 20:19-23 | 20:19-23 | 20:19-23 | 20:19-23 | 20:19-23 |
| Sina Hesus at Tomas | Pagkakita at Paniniwala | | Sina Hesus at Tomas | |
| 20:24-29 | 20:24-29 | 20:24-29 | 20:24-25a | 20:24-29 |
| | | | 20:25b | |
| | | | 20:26-27 | |
| | | | 20:28 | |
| | | | 20:29 | |
| Ang Layunin ng Aklat | Upang Kayo ay Manampalataya | | Ang Layunin ng Aklat | Unang Paglalagom |
| 20:30-31 | 20:30-31 | 20:30-31 | 20:30-31 | 20:30-31 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-29

A. Bawat panako na ginawa ni Hesus sa mga Apostol sa mga kabanata 14-17 ay natupad sa gabi ng unang Linggo ng muling pagkabuhay. Tingnan ang tala sa 16:20.

B. Ang mga ulat ng Ebanghelyo ay nagkakaiba sa mga detalye na nakapaligid sa muling pagkabuhay dahil
   1. Sila ay mga ulat ng saksi
   2. Maraming taon na ang lumipas
   3. Bawat isa ay sumulat sa piniling pangkat at nagbigay-diin ng magkakaibang mga bagay (cf. Mateo 28; Marcos 16; Lucas 24)

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 20:1-10

**1Nang unang araw nga ng sanglinggo ay naparoong maaga sa libingan si Maria Magdalena, samantalang madilim
pa, at nakita ang bato na naalis na sa libingan. 2Tumakbo nga siya, at naparoon kay Simon Pedro, at sa isang alagad na
iniibig ni Hesus, at sa kanila'y sinabi, Kinuha nila sa libingan ang Panginoon, at hindi namin maalaman kung saan nila
siya inilagay. 3Umalis nga si Pedro, at ang isang alagad, at nagsitungo sa libingan. 4At sila'y kapuwa tumakbong
magkasama: at ang isang alagad ay tumakbong matulin kay sa kay Pedro, at dumating na una sa libingan; 5At nang
kaniyang tunghan at tingnan ang loob, ay nakita niyang nangakalatag ang mga kayong lino; gayon ma'y hindi siya
pumasok sa loob. 6Dumating naman nga si Simon Pedro, na sumusunod sa kaniya, at pumasok sa libingan; at nakita
niyang nangakalatag ang mga kayong lino, 7At ang panyo na nasa kaniyang ulo, ay hindi kasamang nakalatag ng mga
kayong lino, kundi bukod na natitiklop sa isang tabi. 8Nang magkagayo'y pumasok din naman nga ang isang alagad, na
unang dumating sa libingan, at siya'y nakakita at sumampalataya. 9Sapagka't hindi pa nila napaguunawa ang
kasulatan, na kinakailangang siya'y muling magbangon sa mga patay. 10Kaya't ang mga alagad ay muling nagsitungo sa
kanikanilang sariling tahanan.**

**20:1 "Nang unang *araw* nga ng sanglinggo"** Ito ay Linggo, ang unang araw ng paggawa kasunod ang mataas na Araw ng Pangilin ng sanglingong Paskwa, nang ang mga unang bunga ay inihandog sa Templo. Si Hesus ang unang mga bunga ng patay (cf. I Corinto 15:23). Ang pagpapakita ni Hesus sa tatlong magkakasunod na gabi ng Linggo ay nagtatakda ng yugto para sa mga mananampalatayang sumasamba sa bawat Linggo (cf. vv. 19, 26; Lucas 24:36ff; Gawa 20:7; I Corinto 16:2).

▣ **"Maria Magdalena"** Siya ay isa sa maraming mga kababaihan na sumama kay Hesus at mga Apostol. Sa Galilea, pinalaya si Hesus mula sa maraming mga demonyo (cf. Marcos 16:9 and Lucas 8:2). Siya ay nandoon sa pagkakapako sa krus. Tingnan ang mga tala sa 19:25.

Bagaman ang Ebanghelyo ni Juan ay hindi ipinahayag ang pakay ni Maria sa pagdalaw, ang Marcos 16:1 at Lucas 23:56 ay binanggit na maraming kababaihan (cf. v. 2) ang pumaroon nang maaga upang pahiran ang katawan ni Hesus ng mga pabango. Mukhang hindi nila alam ang pagpapahid nina Jose at Nicodemo anointing o kanilang naisip na kailangan itong dagdagan.

▣ **"samantalang madilim pa"** Tila siya at ang iba pa ay umalis ng bahay samantalang madilim pa, ngunit madaling-araw pa noong sila ay dumating (cf. Mateo 28:1; Marcos 16:2).

▣ **"ang bato na naalis *na* sa libingan"** Sa literal, ito ay "inalis" (GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI) mula ka kanyang pinag-ukitan (cf. Mateo 28:2). Tandaang ang bato ay inalis upang hayaan ang mga saksi na pumunta sa libingan, hindi upang mailabas si Hesus. Ang Kanyang kataawan sa muling pagkabuhay ay walang mga materyal na hanganan ng Kanyang panlupang katawan (i.e., 20:19,26).

**20:2 "Tumakbo nga siya"** Tila iniwan niya ang walang lamang libingan upang sabihin sa mga alagad ang tungkol kay Hesus na wala doon (cf. Mateo 28:5).

▣ **"sa isang alagad na iniibig ni Hesus"** Ang Griyegong salita para sa pag-ibig ay *phileō* na may kahulugang "pag-ibig ng kapatid." Gayunman sa Griyegong Koine (300 B.C.-A.D. 300) ito ay ginamit na kasingkahulugan ng *agapaō*. Ang nabanggit na alagad ay tila baga si Juan, ang may-akda ng Ebanghelyo (cf. vv. 4-8 at 13:23). Dito, siya ay inuugnay kay Pedro.

▣ **"Kinuha nila sa libingan ang Panginoon"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG (i.e., natapos na pagkilos). Si Hesus ay wala na. Sa isip ni Maria, "nila" ay tumutukoy sa mga pinunong Hudyo. Tila, ang mga Apostol at ang mga alagad na nandoon sa itaas na silid ay nagulat sa muling pagkabuhay!

▣ **"namin"** Kabilan dito sina Maria Magdalena, Maria ang ina ni Santiago, Salome, Joanna at ibang pang kababaihan (cf. Mateo 28:1; Marcos 16:1; Lucas 24:10).

**20:4 "ang isang alagad ay tumakbong matulin kay sa kay Pedro, at dumating na una sa libingan"** Si Juan ay marahil ang pinakabata sa mga Apostol (i.e., tradisyon).

**20:5 "tunghan"** Ang mga libingan sa panahong ito ay may mababang pasukan na halos 3 to 4 talampakan ang taas. Kailangang ang isa ay tumungo (cf. v. 11) upang makapasok sa yungib/hukay.

▣ **"tingnan"** Sa literal ito ay "sumulyap upang makita." Ito ay dahil sa kaibahan ng pang-umagang liwanag sa madilim na libingan.

▣ **"nangakalatag ang mga kayong lino *doon*"** Kung saan at paano ang mga lino inilagay ay hindi tinukoy sa Griyegong tala. Kung ang katawan ay ninakaw, ang mga lino ay nakuha din dahil ang mga pabango ay gaganap tulad ng isang pandikit!

**20:6 "si Simon Pedro"** Simon (*Cephas*) ay kanyang Hebreong (Aramaiko) pangalan, habang Pedro (*Petros*) ang kanyang Griyegong pangalan na ibinigay sa kanya ni Hesus. Sa Griyego ito ay nangangahulugang "isang nahiwalay na bato o malaking bato" (cf. Mateo 16:18). Sa Aramaiko, walang pagkakaiba sa pagitan ng *Petros* at *Petra*.

**20:7 "ang panyo"** Ang mukha ay nababalot ng nakawalay na tela (cf. 11:44). Maaaring ang panyong ito sa ginamit upang (1) patungan ang mukha; (2) balutin ang mukha (cf. NJB); o (3) itali ang panga nang bahagya sa lugar (cf. TEV).

▣ **"kundi bukod na natitiklop sa isang tabi"** Ito ay isa na namang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI na nagpapahiwatig na ang natatanging pag-iingat ang dala ng taong nagtiklop nito. Ito ay tila nakapukaw ng pansin ni Juan at tumamo ng pananampalataya (v. 8).

**20:8 "siya'y nakakita at sumampalataya"** Nakita ni Juan ang materyal na katunayan at naniwala na si Hesus ay nabuhay! Ang pananampalataya sa muling pagkabuhay ay naging isang napakahalagang paksa sa teolohiya.

1. Roma 10:9-13
2. I Corinto 15

Ang I Corinto 15:12-19 ay isang mahusay na buod ng mga kinahinatnan kung si Hesus ay hindi muling nabuhay! Ang muling pagkabuhay ay naging isang pangunahing katotohanan ng mga naunang pangangaral ng mga Apostol sa Gawa na tinatawag na *kerygma*. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 5:39.

**20:9 "hindi pa nila napag-uunawa ang Kasulatan"** Ito ay isa pang pagpunang editoryal ng may-akda. Ito ay maaaring tumukoy sa Awit 16:10, na binanggit ni Pedro sa Araw ng Pentekost sa Gawa 2:27. Subalit, ito ay maaaring tumukoy sa Isaias 53:10-12 o Osea 6:2. Ang Sanhedrin ay naunawaan ang paghula ni Hesus sa kanyang muling pagkabuhay (cf. Mateo 27:62-66), habang ang mga alagad ay hindi. Anong kabalintunaan!

Ang talata ay maaaring gumanap pang-teolohika upang mataguyod ang katotohanan na ang Espiritu ay hindi pa sumapit sa kapuspusan sa mga alagad. Ang Espiritu, nang minsang ibigay, ay tutulong upang maunawaan ng mga mananampalataya ang mga salita at paggawa ni Hesus (cf. 2:22; 14:26).

**20:10** Ito ay nangangahulugang (1) sila ay bumalik sa Galilea (cf. Mateo 26:32; 28:7,10,16; Juan 21 natagpuan silang nagingisda sa Dagat ng Galilea) o (2) sila sa pumunta sa kanilang mga tirahan sa Herusalem. Dahil sa ang mga pangyayari pagkatapos ng muling pagkabuhay ay nasa itaas na silid, ang #2 ay mas malamang.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:11-18

**[11]Nguni't si Maria ay nakatayo sa labas ng libingan na umiiyak: sa gayon, samantalang siya'y umiiyak, siya'y yumuko at tumingin sa loob ng libingan; [12]At nakita niya ang dalawang anghel na nararamtan na nangakaupo, ang isa'y sa ulunan, at ang isa'y sa paanan, ng kinalalagyan ng bangkay ni Hesus. [13]At sinabi nila sa kaniya, Babae, bakit ka umiiyak? Sinabi niya sa kanila, Sapagka't kinuha nila ang aking Panginoon, at hindi ko maalaman kung saan nila inilagay siya. [14]Pagkasabi niya ng gayon, siya'y lumingon, at nakitang nakatayo si Hesus, at hindi nalalaman na yaon ay si Hesus. [15]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Babae, bakit ka umiiyak? sino ang iyong hinahanap? Siya, sa pagaakalang yao'y**

**maghahalaman, ay nagsabi sa kaniya, Ginoo, kung ikaw ang kumuha sa kaniya, ay sabihin mo sa akin kung saan mo siya inilagay, at akin siyang kukunin. [16]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Maria. Lumingon siya, at nagsabi sa kaniya sa wikang Hebreo, Raboni; na ang ibig sabihin ay, Guro. [17]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Huwag mo akong hipuin; sapagka't hindi pa ako nakakaakyat sa Ama, nguni't pumaroon ka sa aking mga kapatid, at sabihin mo sa kanila, Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama, at aking Diyos at inyong Diyos. [18]Naparoon si Maria Magdalena at sinabi sa mga alagad, Nakita ko ang Panginoon; at kung paanong sinabi niya sa kaniya ang mga bagay na ito.**

**20:11 "umiiyak"** Ito ay nangangahulugang "tumatangis" (cf. 11:31). It ay DI-GANAP PANAHUNAN, na nagpapahayag ng nagpapatuloy na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ang mga kagawian sa mga Silanganing paglilibing ay may katangiang napaka-madamdamin.

**20:12 "dalawang anghel"** Ang Juan at Lucas (24:23) ay nagkakasundo na may dalawang anghel. Ang Mateo, na kadalasang may dalawa sa lahat ng bagay (cf. 8:28; 9:27; 20:30), ay may isa lamang anghel! Ito ay isa sa halimbawa ng di-maipaliwanag na magkakaiba sa mga Ebanghelyo.

Ang mga Ebanghelyo ay mga tala ng mga saksi na pumili, umangkp, at nagsasama sa mga salita at mga gawa ni Hesus para sa kanilang sariling (kinasihang) mga layuning teolohiko at piniling pangkat. Ang mga makabagong manunulat ay kadalasang nagtatanong ng tulad ng (1) ano sa mga Ebanghelyo ang tama sa kasaysayan o (2) naghahanap ng mas maraming mga pangkasaysayang tala patungkol sa pangyayari o pagtuturo kaysa sa mga tala ng isang tao na kinasihang manunulat ng Ebanghelyo. Ang mga tagapag-salin ay kailangan munang mahanap ang layunin ng orihinal na mga may-akda na inapahayag sa isang pansariling Ebanghelyo. Hindi natin kailangan ng mga sangkap sa kasaysayan upang maunawaan ang Ebanghelyo.

▣ **"na nararamtan"** Ang espirituwal na kaharian o espirituwal na mga nilalang ay inilalarawan bilang nakasuot ng puti.

1. Kasuutan ni Hesus sa pagbabagong-anyo– Mateo 17:2; Marcos 9:3; Lucas 9:29
2. Mga anghel sa libingan – Mateo 28:3; Marcos 16:5; Lucas 24:4; Juan 20:12
3. Mga anghel sa pag-akyat sa langit – Gawa 1:10
4. Mga binanal kasama ng naluwalhating Kristo – Pahayag 3:4-5,18
5. Ang mga matatanda (mga anghel) sa paligid ng trono ng Diyos – Pahayag 4:4
6. Ang mga martir sa ilalim ng trono ng Diyos – Pahayag 6:11
7. Lahat ng mga tinubos – Pahayag 7:9,13-14 (cf. Daniel 12:10)
8. Ang mga Hukbo (ng mga anghel) sa kalangitan – Pahayag 19:14
9. Paglalarawan ng OT para sa kapatawaran – Awit 51:7; Isaias 1:18 (sumasagisag sa kadalisayan ng Diyos, cf. Daniel 7:9)

**20:14 "hindi nalalaman na yaon ay si Hesus"** Si Maria Magdalena ay hindi nakilala si Hesus. Ang mga maaaring dahilan nito ay:

1. May mga luha sa kanyang mat
2. Siya ay tumitingin mula sa kadiliman patungong liwanag
3. Ang pagpapakita ni Hesus ay tila naiiba (cf. Mateo 28:17 at Lucas 24:16,37)

**20:15 "Ginoo"** Ito ang Griyegong salitang *kurios*. Ito ay ginamit dito sa isang hindi teolohikong pagkaunawa (cf. 12:21). Ito ay maaaring mangahulugang "sir," "mister," "panginoon," "may-ari," "asawang lalaki," o "Panginoon." Inakala ni Maria na ang kanyang kinakausap ay (1) isang hardenero o (2) ang may-ari ng hardin.

Ngunit tingnan ang teolohikong paggamit nito sa 20:28!

▣ **"kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng nagsasalita. Pinaniniwalaan niyang may kumuha sa katawan.

**20:16 "Maria. . .Raboni"** Ang Maria sa literal ay Miriam. Kapwa ang mga salitang ito ay Aramaiko (ang "Hebreo" ay nangangahulugang Aramaiko, cf. 5:2; 19:13,17,20). Tila si Hesus ay sinabi ang kanyang pangalan sa isang pangkatangiang pamamaraan. Ginawa Niya ang katulad na uri ng bagay noong nanalangin Siya kasama ang dalawa sa daan sa Emmaus (cf. Lucas 24:30-31). Ang "I" sa dulo ng "Rabboni" ay maaaring maipaliwanag na "aking Guro," "aking Panginoon" o "aking guro."

## NATATANGING PAKSA: MGA PAGPAPAKITA NI HESUS PAGKATAPOS NG MULING PAGKABUHAY

Nagpakita sa Hesus ng Kanyang saril sa maraming mga tao upang magpatunay sa kanyang muling pagkabuhay.

1. Ang mga kababaihan sa libingan, Mateo 28:9
2. Ang labing-isang mga alagad, Mateo 28:16

3. Simon, Lucas 24:34
4. Dalawang lalaki, Lucas 24:15
5. Mga alagad, Lucas 24:36
6. Maria Magdalena, Juan 20:15
7. Sampung mga alagad, Juan 20:20
8. Labing-isang mga alagad, Juan 20:26
9. Pitong mga alagad, Juan 21:1
10. Cephas (Pedro), I Corinto 15:5
11. Ang labing-dalawa (mga Apostol), I Corinto 15:5
12. 500 na mga kapatiran, I Corinto 15:6 kasama ng Mateo 28:16-17
13. Santiago (Kanyang pang-lupang pamilya), I Corinto 15:7
14. Lahat ng mga Apostol, I Corinto 15:7
15. Si Pablo, I Corinto 15:8 (Gawa 9)

Maliwanag na ang ilan sa mga ito ay tumutukoy sa katulad na pagpapakita. Nais ni Hesus na malaman nila na walang alintangan na Siya ay muling nabuhay!

**20:17**
**NASB** **"Huwag mo akong hipuin"**
**NKJV** **"Huwag kang kumapit sa akin"**
**NRSV** **"Huwag mo akong hawakan"**
**TEV** **"Huwag kang humawak sa akin"**
**NJB** **"Huwag mo akong kapitan"**

Ang KJV ay may "huwag mo akong salingin." Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na nangangahulugan ng paghinto sa isang pagkilos na nagpapatuloy. Si Maria ay sumunggab sa Kanya at kumapit! Ito ay walang mga teolohikong pagpapahiwatig patungkol sa paghip sa katawan ni Hesus bago ang pag-akyat sa langit. Sa Juan 20:27, pinahintulutan ni Hesus si Tomas na hawakan Siya at sa Mateo 28:9 pinahintulutan Niya ang mga kababaihan na hawakan ang Kanyang paa.

▣ **"hindi pa Ako nakakaakyat sa Ama"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Si Hesus ay hindi aakyat sa langit hanggang sa 40 na araw pagkatapos ng muling pagkabuhay (cf. Gawa 1:9).

▣ **"pumaroon ka sa Aking mga kapatid"** Ang muling nabuhay, naluwalhating Panginoon ay tinawag silang mga duwag na "mga kapatid" (cf. Mateo 12:50).

▣ **"Aakyat Ako"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN. Ito ay hindi talaga naganap pagkatapos ng apatnapung araw habang Siya ay kanilang kasama (cf. Lucas 24:50-52; Gawa 1:2-3). Si Juan ay palagiang gumagamit ng pataas na dualismo ng "nasa taas" at "nasa baba." Si Hesus ay mula sa Ama (pagkabuhay bago ang pasimula) at Siya babalik sa Ama (pagluluwalhati).

▣ **"sa aking Ama at inyong Ama"** Anong kamangha-manghang pahayag! Subalit, kailangang ding maihayag na ito ay hindi nangangahulugang ang pagiging anak ng mga mananampalataya ay katumbas ng pagiging anak ni Hesus. Siya ang walang katulad na Anak ng Ama (3:16), lubos na Diyos at lubos na tao. Believers become family members only through Him. He is both Panginoon, Savior, and brother!

**20:18** Si Maria ay isa ring saksi!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:19-23

[19]**Nang kinahapunan nga, nang araw na yaon, na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa katakutan sa mga Hudyo ay dumating si Hesus at tumayo sa gitna, at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo.** [20]**At nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon.** [21]**Sinabi ngang muli sa kanila ni Hesus, Kapayapaan ang sumainyo: kung paanong pagkasugo sa akin ng Ama, ay gayon din naman sinusugo ko kayo.** [22]**At nang masabi niya ito, sila'y hiningahan niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu:** [23]**Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan, ay ipinatatawad sa kanila; sinomang hindi ninyo patawarin ng mga kasalanan, ay hindi pinatatawad.**

**20:19 "Nang kinahapunan nga, nang araw na yaon"** Ang pang-hudyong oras ay nagsisimula tuwing takipsilim (cf. Genesis

1:5), na nang nandito ay humigit-kumulang 6:00 n.g., sa Linggo.

▣ **"unang *araw* ng sanglinggo"** Ang Linggo ay unang araw ng paggawa, katulad ng ating Lunes. Ito ay ang naging araw ng tagpuan ng Iglesiya upang gunitain ang muling pagkabuhay ni Hesus. Siya mismo ang nagtakda ng huwaran sa pamamagitan ng pagpapakita sa Itaas na Silid nang tatlong gabing Linggo na sunod-sunod (cf. vv. 19,26; Lucas 24:36ff; Gawa 20:7; I Corinto 16:2).

Ang mga unang-salinlahi na mga mananampalataya ay nagpatuloy na magkita tuwing Sabbath at sa Templo sa mga takdang mga araw ng pista. Subalit, ang mga rabi ay nagpamula ng isang "sumpang panunumpa" na inuutusan ang mga kabilang sa sinagoga na itanggi si Hesus bilang ang Mesias (after A.D. 70). Sa pagkakataong ito kanilang binitawan ang mga gawain sa Sabbath, ngunit nagpatuloy na magtipun-tipon kasama ng ibang mga mananampalataya tuwing Linggo, ang araw ng muling pagkabuhay, upang gunitain ang muling pagkabuhay ni Hesus.

▣ **"nangapipinid ang mga pinto"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang PANGMARAMIHAN ay nagpapahiwatig na na kapwa ang mga pinto sa ibaba at itaas na palapag ay nakasara. Ito ay nabanggit upang (1) mapatingkad nag pagpapakita ni Hesus o (2) maipakita ang kanilang pagkatakot na dakpin.

▣ **"mga alagad"** Si Tomas ay wala doon. Ang mga ibang alagad maliban sa labindalawang mga Apostol ay naroon (cf Lucas 24:33).

▣ **"Kapayapaan ang sumainyo"** Nagpapakita ito ng kanilang pagkagulat, at maaaring pagkatakot. Si Hesus ay nangako sa kanila ng kapayapaan (cf. 14:27; 16:33). Ito marahil ang nag-uugnay sa pagbating Hebreo na *shalom*. Inulit ito ni Hesus nang tatlong beses (vv. 19,21,26).

**20:20 "kaniyang ipinakita sa kanila ang Kaniyang mga kamay at ang Kaniyang tagiliran"** Si Juan tila nagbigay-pansin sa paglagos sa tagiliran ni Hesus na higit sa ibang mga Ebanghelyo (cf. 19:37; 20:25). Ang kanyang mga paa ay hindi nabanggit maliban sa Lucas 24:39 at Awit 22:16. Ang naluwalhating katawan ni Hesus ay pinanatili ang mga bakas ng Kanyang pagkapako sa krus (cf. I Corinto 1:23; Galacia 3:1).

▣ **"Panginoon"** Ang titulong ito ay ginamit dito sa kanyang lubusang teolohikong kahulugan na nag-uugnay kay YHWH ng OT (cf. Exod. 3:14). Ang paglalagay ng isang titulong OT para sa Diyos Ama kay Hesus ay isang paraang ang mga may-akda ng NT na manindigan sa lubos na pagka-Diyos ni Hesus. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:20.

**20:21 "kung paanong pagkasugo sa Akin ng Ama"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG (cf. 17:18). Ang Iglesiya ay may kautusan na galing sa Diyos (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8). Ang mga mananampalataya ay ipinadala din sa isang pag-aalay na misyon (cf. II Corinto 5:14-15; I Juan 3:16). Ginamit ni Hesus ang dalawang magkaibang salita para sa "pagkasugo." Si Juan ito ay magkasingkahulugan. Ito ay maliwanag na makikita sa kabanata 8, na ang *pempō* ay ginamit kay Hesus na isinugo ng Ama (cf. 8:16,18,26,29), ngunit ang *apostellō* ay ginamit 8:42. Ang katulad na bagay ay totoo sa mga kabanata 5,6. Tingnan ang Natatanging Paksa: Isinugo (*Apostellō*) sa 5:24.

**20:22 "sila'y hiningahan Niya"** Ito ay isang paglalaro ng salita sa katagang "hiningahan." Ang Hebreong *ruach* at Griyegong *pneuma* ay maaaring mangahulugang "hininga," "hangin," o "espiritu." Ang katulad na PANDIWA sa Septuagint ay ginamit sa OT para sa gawain ng paglilikha ng Diyos sa Genesis 2:7 at sa muling pagbibigay-lakas sa Israel sa Ezekiel 37:5,9. Ang PANGHALIP na "sila" ay tumutukoy sa mas malawak na pangkat kaysa sa mga Apostol lamang (cf. Lucas 24:33).

▣ **"Tanggapin ninyo ang Banal na Espiritu"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS. Kung papaanong maiuugnay ito sa pagdating ng Espiritu sa Pentecost ay walang katiyakan. Tinupad ni Hesus ang lahat ng bagay na Kaniyang pinangako sa mga alagad dito sa unang pagpapakita. Ito ay maiuugnay sa pagpapatibay sa kanila ni Hesus para sa kanilang bagong pagtatakda gaya nag pagpapatibay ng Espiritu sa Kanya at Kanyang bautismo.

Ang talatang ito ay ginamit sa pagtatalo ng mga unang iglesiya sa tanong kung ang Espiritu ay nagmula sa Ama o nagmula sa Ama at Anak. Sa katotohanan ang lahat ng tatlong persona ng Trinidad ay kasangkot sa mga gawa ng kaligtasan

Sa *A Theology of the New Testament,* binuod ni George Ladd ang maaaring mga pakahulugan sa talatang ito:

> "Ang talatang ito ay nagpapataas ng kahirapan sa liwanag ng pagpairot ng Espiritu sa Pentecost, na maaaring malutas ng isa sa tatlong mga paraan. Maaaring hindi alam ni Juan ang tungkol sa Pentecost at ipinalit ang kanyang salaysay na sa kinalabasan ay naging maka-Juan na Pentecost; o tunay na mayroong dalawang kaloob ng Espiritu; o ang paghinga ni Hesus sa mga alagad isang ginawang talinghagang pangako at pauna sa tunay na pagdating ng Espiritu sa Pentecost" (p. 289).

Ang talababa #24 (p. 1965) sa NET Bibliya ay nagbibigay-diin na ito ay pagsasaala-ala ng Genesis 2:7 (LXX). Tulad ng panlupang buhay na ibinigay Genesis, walang hanggang buhay ang ibinigay sa NT. Ito ay nagbibigay-diin sa "sa paghinga ng Diyos" na katulad ng Ezekiel 37, na kung saan si YHWH ay nagbibigay ng bagong buhay sa Kanyang tao sa pamamagitan ng hininga ng Espiritu.

**20:23 "Sinomang inyong patawarin ng mga kasalanan"** Ito ay dalawang PANGATLONG URING MAY PASUBALING MGA PANGUNGUSAP na may *an* na kadalasang ginagamit kasama ng PANGALAWANG URING MAY PASUBALING MGA PANGUNGUSAP, hindi *ean*. Ang magkahalong kalagayan ay nagpapataas ng anumang maaaring mangyari na nauugnay sa kapwa sa sinuman na magbabahgi ng Ebanghelyo at sa sinuman na tutugon sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang sinuman na may kaalaman sa ebanghelyo ay magpapasyang ibahagi ito at ang sinuman sa makarinig nito at nagpasyang tanggapin ito. Ang kapwa aspeto ay kinakailangan. Ang talatang ito ay hindi nagbibigay ng makatuwirang kapangyarihan sa mga ministro, ngunit kahanga-hangang nakakapagbigay-buhay na kapangyarihan sa mga mananampalatayang saksi! Ang kapangyarihang ito ay kapansin-pansin sa mga pang-misyong paglalakbay ng pitumpu sa panahon ng buhay ni Hesus.

▣ **"*ang kanilang mga kasalanan* ay ipinatatawad sa kanila"** Ang pang-balarilang pagkakayari ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nagpapahiwatig ng kapatawaran ng Diyos, na makakamtam sa pamamagitan ng pagpapahayag ng ebanghelyo. Ang mga mananampalatay ay mayroong mga susi sa kaharian (cf. Mateo 16:19) kung ito ay kanilang gagamitin. Ang pangakong ito ay para sa Iglesiya, sa bawat isa. Ito ay may teolohikong pagkakatulad sa "ang nakatali at hindi nakatali" of Mateo 18:18.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:24-25

**24 Nguni't si Tomas, isa sa labingdalawa, na tinatawag na Didimo, ay wala sa kanila nang dumating si Hesus.**
**25 Sinabi nga sa kaniya ng ibang mga alagad, Nakita namin ang Panginoon. Nguni't sinabi niya sa kanila, Malibang aking makita sa kaniyang mga kamay ang butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking daliri sa butas ng mga pako, at maisuot ko ang aking kamay sa kaniyang tagiliran, ay hindi ako sasampalataya.**

**20:24 "Nguni't si Tomas, isa sa labingdalawa, na tinatawag na Didimo, ay wala sa kanila nang dumating si Hesus"** Ang Didimo sa Griyego ay nangangahulugang "kambal" (cf. 11:16). Kadalasang ginagamit ng tao ang talatang ito upang tawagin si Tomas na isang nag-aalinlangan, ngunit tandaan ang 11:16. Si Tomas ay nagpapakita nang mas madalas sa Ebanghelyo ni Juan's kaysa sa ibang Ebanghelyo (cf. 11:16; 14:5; 20:24,26,27,28,29; 21:2).

**20:25 "Maliban. . . hindi ako sasampalataya"** "**Maliban**" ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na may malakas na DALAWAHANG SALUNGAT, "Hindi ko ito kailanman, hindi hindi kailanman, pananampalatayanan" na walang paningin at pagdama. Tinanggap ni Hesus ang kahilingang ito. Si Hesus ay gumawa sa pananampalataya ng mga alagad sa pamamagitan ng (1) Kanyang mga himala at (2) Kanyang mga hula. Ang mensahe ni Hesus at sukdulang bago, binigyan Niya sila ang panahon na maunawaan at matutunan ang mga pagbibigay-diin at implikasyon ng ebanghelyo.

▣ **"butas"** Tingnan ang Natatanging Paksa below.

## NATATANGING PAKSA: ANYO (*TUPOS*)

Ang suliranin ay ang salitang *tupos*, na mayroong iba't-ibang gamit.

1. Moulton at Milligan, *The Vocabulary of the Greek New Testament*, p. 645
   a. tularan
   b. balangkas
   c. anyo o paraan ng pagsulat
   d. kahatulan o kautusan
   e. kaparusahan o kapasyahan
   f. uliran ng katawang ng tao bilang mga panatang handog sa nagpapagaling na diyos
   g. PANDIWA na ginamit sa pagkaunawa ng pagpapatupad ng mga panuntunan ng kautusan
2. Louw at Nida, *Greek-English Lexicon*, vol. 2, p. 249
   a. pilat (cf. Juan 20:25)
   b. larawan (cf. Gawa 7:43)
   c. tularan (cf. Hebreo 8:5)
   d. halimbawa (cf. I Corinto 10:6; Filipos 3:17)
   e. pinagparisan (cf. Roma 5:14)
   f. uri (cf. Gawa 23:25)
   g. mga nilalaman (cf. Gawa 23:25)
3. Harold K. Moulton, *The Analytical Greek Lexicon Revised*, p. 411

a. tatak, isang bakas, isang palatandaan (cf. Juan 20:25)
b. isang paglalarawan
c. isang larawan (cf. Gawa 7:43)
d. isang reseta, pamamaraan (cf. Roma 6:17)
e. anyo, diwa (cf. Gawa 23:25)
f. isang hugis, kapilas (cf. I Corinto 10:6)
g. isang inaasahang hugis, uri (cf. Roma 5:14; I Corinto 10:11)
h. isang huwaran tularan (cf. Gawa 7:44; Hebreo 8:5)
i. ang mabuting tularan (cf. Filipos 3:17; I Thesalonica 1:7; II Thesalonica 3:9; I Timoteo 4:12; I Pedro 5:3)

Sa kaugnay na kahulugang ito, and # i sa taas ang tila pinakamainam. Ang ebanghelyo ay kapwa aral at implikasyon ng lakad ng buhay. Ang walang bayad ng kaloob ng kaligtasan kay Kristo ay nangangailangan ng buhay na tulad kay Kristo!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:26-29

**[26]At pagkaraan ng walong araw ay muling nasa loob ng bahay ang kaniyang mga alagad, at kasama nila si Tomas. Dumating si Hesus, nang nangapipinid ang mga pinto, at tumayo sa gitna, at sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. [27]Nang magkagayo'y sinabi niya kay Tomas, idaiti mo rito ang iyong daliri, at tingnan mo ang aking mga kamay; at idaiti mo rito ang iyong kamay, at isuot mo siya sa aking tagiliran: at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin. [28]Sumagot si Tomas, at sa kaniya'y sinabi, Panginoon ko at Diyos ko. [29]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Sapagka't ako'y nakita mo ay sumampalataya ka: mapapalad yaong hindi nangakakita, at gayon ma'y nagsisampalataya.**

**20:26 "pagkaraan ng walong araw"** Ito ay isang Hebreong kataga para sa sanlinggo. Ito ay isa na namang Linggo ng gabi. Si Hesus ay nagpakita sa mga alagad sa itaas na silid (maaaring sa bahay ni Juan Marcos) tatlong Linggo ng gabi na sunod-sunod at sa pamamagitan nito ay nagtatakda para sa panambahang Kristiyano. Tingnan ang tala sa v. 19.

**20:27 "at huwag kang di mapanampalatayahin, kundi mapanampalatayahin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNANG (*deponent*) PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang ihinto ang isang nagpapatuloy na pagkilos. Ang lahat ng mananampalataya ay kakaibang paghahalo ng pagdududa at pananampalataya!

**20:28** Ang pagtatapat ni Tomas ay maaaring may teolohikong kaugnayan sa talata 17. Ang pagtatapat ni Tomas ay maaaring may isang pagpapauna sa OT na kapag ang titulong YHWH *Elohim* (i.e., Genesis 2:4) ay ginamit na magkasama, ang pangalan ay isasaling "Panginoong Diyos." Lubusang tinanggap ni Hesus ang nakakabiglang panindigan sa Kanyang pagka-Diyos. Mula sakabanata 1, talata 1, ang Ebanghelyo ni Juan ay nagbibigay-diin sa pagka-Diyos ni Hesus ng Nazaret.

Inaangkin ni Hesus ang pagka-Diyos nang maraming beses sa Juan (cf. 8:58; 10:30; 14:9; 20:28) at ang may-akda ay nagbibigay-diin sa Kanyang pagka-Diyos sa 1:1,14-18; 5:18. Ang iba pang mga manunulat ng Bibliya ay maliwanag ding nagpapahayag na si Hesus ay Diyos (cf. Gawa 20:28; Roma 9:5; Filipos 2:6-7; Colosas 1:15-17; II Thesalonica 1:12; Tito 2:13; Hebreo 1:8; II Pedro 1:1,11; I Juan 5:20).

**20:29** Ang panimulang pariralang ito ay maaaring maging isang pahayag o tanong na umaasa ng "oo" na sagot. Ang pangbalarilang kaanyuan ay may kalabuan. Ito ay katulad sa pagpapala sa 17:20 (cf. I Pedro 1:8).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 20:30-31

**[30]Gumawa rin nga si Hesus ng iba't ibang maraming tanda sa harap ng kaniyang mga alagad, na hindi nangasusulat sa aklat na ito: [31]Nguni't ang mga ito ay nangasulat, upang kayo'y magsisampalataya na si Hesus ay ang Kristo, ang Anak ng Diyos; at sa inyong pagsampalataya ay magkaroon kayo ng buhay sa kaniyang pangalan.**

**20:30** Ang mga talatang 30-31 ay walang alintangan na paksa at layunin ng Ebanghelyo. Ito ay isang pang-ebanghelong babasahin! Ang mga manunulat ng Ebanghelyo, sa ilalim ng paggabay ng Diyos, ay mayroong karapatan at kasanayang ibinigay ng Diyos na pumili, umayos at umangkop at magbuod ng mga gawa at mga salita ni Hesus upang maliwanag na ipabatid sa mga napiling makikinig, mga Hudyo, Romano, at mga Hentil, ang mga dakilang katotohanan tungkol kay Hesus. Ang NT ay hindi isang Kristiyanong Talmud.

Si Carl F. H. Henry, sa pambukas na lathalain na pinamagatang "The Authority and Inspiration of the Bible" sa *The Expositor's Bible Commentary*, Tomo 1 ay nagsasabing:

> "Ang Bibliya ay hindi naglalayong ipakilala ang buong pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari , maging ito ay tumatalakay sa pagpapahayag ng paglilikha o sa kasaysayan ng pagliligtas, kabilang sa kasaysayan ng pagkakatawang-tao. Ngunit ang nailahad na layunin ng mga biblikal na sulat ay bigyan ang sangkatauhan ng lahat

na kailangan at kahustuan para sa kanyang katubusang pagsagip at masunuring paglilingkod sa kanyang lumikha. Bagaman ang mga manunulat ng bibliya ay kung minsan ay tinitingnan ang isang gawang pagliligtas ng Diyos mula sa iba't-ibang panig at para sa magkakaibang mga layunin, ang kanilang sinasabi sa atin ay mapagkakatiwalaan at sapat. Si Mateo ay ipinasailalim ang maraming mga pagkakasunod-sunod ng ministeryo ni Hesus sa isang pang-paksang mga pagkakaayos na mapapakinabangan para sa pagtuturo. Tinangal ni Lucas ang maraming mga sangkap na makikita kay Marcos na gayunman ay isang maayos na tala na tanggulan ng pagtuturo ng doktrina (cf. 1:4). Hayagang pinuna ni Juan ang sukdulang pagpipili na naging batayan ng ika-apat na Ebanghelyo (20:30,31)" (pp. 27-28).

▣ **"Gumawa rin nga si Hesus ng iba't ibang maraming tanda sa harap ng kaniyang mga alagad"** Ang mga "tanda" ay maaaring maunawaan sa maraming paraan.

1. Ang mga tanda na Siya nga ay totoong buhay
   a. Kanilang paghawak sa Kaniyang mga sugat
   b. Kanyang pagkain kasama nila (cf. Lucas 24:43)
2. Mga natatanging hindi natalang mga tanda ang nangyari sa itaas na silid kanilang kalagitnaan
3. Isang sanggunian sa Kanyang paggawa sa buhay (pagtuon sa nakalipas) na naghahanda sa kanila upang isulat ang mga Ebanghelyo (cf. Lucas 24:46-48)

**20:31**
**NASB, NKJV,**
**TEV, NJB "upang kayo'y magsisampalataya"**
**NRSV "upang kayo'y makarating na pananampalataya"**

Ang ilang mga sinaunang Griyegong kasulatan, $P^{66}$, $\aleph^*$, B, at ang Griyegong talata na ginamit ni Origen, ay may isang PANGKASALUKUYAN PASAKALI, na maaaring mangahulugan na ang Juan ay isinulat upang himukin ang mga mananampalataya na magpatuloy sa pananampalataya.

Ang ibang mga Griyegong kasulatan na ansialo (i.e., $\aleph^2$, A, C, D, L, N, W) ay may isang AORIST NA PASAKALI, na nagpapahiwatig na si Juan ay sumusulat sa hindi mananampalataya. Ang $UBS^4$ ay inilagay ang AORIST sa tala ngunit binigyan ito ng isang "C" na antas (may kahirapan sa pagpapasiya). Ang talatang ito ay ang inihayag na layunin ng Ebanghelyo. Ang Juan ay, katulad ng ibang mga Ebanghelyo, isang babasahing pang-ebanghelyo.

▣ **"ang Kristo"** Ito ay isang Griyegong pagsasalin ng Hebreong salita na"Mesias" na nangangahulugang "ang Isang Pinahiran." Ito ay OT na manggagaling kay David na naisulat sa propesiya na magdadala ng bagong panahon ng katuwiran. Si Hesus ng Nazaret (cf. 1:45) ay ang Mesias ng Hudyo (cf. 11:27).

Ang pagkahirang na ito para kay Hesus ay matatagpuan sa naunang Ebanghelyo (cf. 1:41). Gayunpaman, ang tawag na "Panginoon," hindi "Mesias," ay karaniwang pantawag na ginamit kay Hesus sa kaugnay na kahulugan ng mga Hentil (cf. Roma 10:9-13; Filipos 2:9-11).

Ang pagkaunawa ng "Mesias" ay mayroong eskatolohikong mga pagpapahiwatig (1) sa mga Fariseo, mayroong itong mga inaasahang pampulitika at pambansa at (2) sa panitikang pang-Hudyo na patungkol sa katapusan ng mundo, ito ay mayroong inaasahang kosmiko, pandaigdig.

▣ **"ang Anak ng Diyos"** Ang pantawag na ito sa ginamit nang matipid sa Sinoptiko (marahil dahil sa maaaring di-pagkakaunawa ng mga Hentil), ngunit ginamit nang maaga sa Juan (cf. 1:14,34,49). Ito ang paraan ni Juan upang bigyang-diin ang natatanging kaugnayan sa pagitan ni Hesus at ang Ama (use of *huios*). Gumagamit si Juan nitong kilalang talinghaga sa maraming paraan.

1. Isang pangtawag
2. may kaugnaya sa "ang isang bugtong" (*monogenēs,* cf. 1:18; 3:16; I Juan 4:9)
3. sa pagsasama sa gamit ng pantawag na "Ama" (cf. 20:17)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Anak of Diyos at I Juan 3:8.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sino ang dumating sa libingan? Kailan? Bakit?
2. Bakit hindi inaasahan ng mga alagad ang muling pagkabuhay? Inasahan ba ito ng sinuman?
3. Bakit hindi nakilala ni Maria si Hesus?
4. Bakit sinabi ni Hesus kay Maria na huwag kumapit sa Kaniya?
5. Ipaliwanag ang mga talatang 22-23 sa iyong sariling mga salita.
6. Tama bang tawagin na isang nag-aalinlangan si Tomas?
7. Ipaliwanag ang kahulugan ng salitang “manampalataya” tulad ng pagkaunawa nito sa panahon ni Hesus, hindi natin.

# JUAN 21

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang pagpapakita ni Hesus pitong mga alagad | Agahan sa Dalampasigan | Panimula | Nagpakita sa Hesus sa Pitong mga Alagad | Ang Pagpapakita sa Baybayin ng Tiberias |
| 21:1-14 | 21:1-14 | 21:1-3 | 21:1-3a | 21:1-3 |
| | | | 21:3b-5a | |
| | | 21:4-8 | | 21:4-8 |
| | | | 21:5b | |
| | | | 21:6 | |
| | | | 21:7-10 | |
| | | 21:9-14 | | 21:9-14 |
| | | | 21:11-14 | |
| Sina Hesus and Pedro | Pinanumbalik ni Hesus si Pedro | | Sina Hesus and Pedro | |
| 21:15-19 | 21:15-19 | 21:15-19 | 21:15a | 21:15-19 |
| | | | 21:15b | |
| | | | 21:15c-16a | |
| | | | 21:16b | |
| | | | 21:16c-17a | |
| | | | 21:17b | |
| | | | 21:17c-19 | |
| Si Hesus at ang Minamahal na Alagad | Ang Minamahal na Alagad at ang Kanyang Aklat | | Si Hesus at ang Ibang Alagad | |
| 21:20-23 | 21:20-25 | 21:20-23 | 21:20-21 | 21:20-23 |
| | | | 21:22 | |
| | | | 21:23 | Pangalawang Paglalagom |
| 21:24 | | 21:24-25 | 21:24 | 21:24 |
| | | | Paglalagom | |
| 21:25 | | | 21:25 | 21:25 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 1-25

A. Mayroong mga pagtalakay pagtungkol sa kabanata 21 bilang isang dagdag dahil ang Ebanghelyo ay tila natapos sa 20:31. Subalit, walang Griyegong kasulatan ang nagtanggal sa kabanata 21.

B. Ang talata 25 ay kadalasang ipinagpapalagay bilang isang nahuling karagdagan dahil sa ang ilang mga kasulatan, inilagay ang Juan 7:53 - 8:11 pagkatapos ng talata 24. Gayundin, sa sinaunang kasulatang Sinaiticus, ang mga manunulat na nauna nang tinanggal ang talata 25 ay kinailangan bumalik at magbura ng isang ornamental na *Kolopon* upang muli itong ilagay.

C. Bagaman hindi isang kinakailangang bahagi ng Ebanghelyo of Juan, ang kabanata 21 ay may katiyakang galing sa kamay ng Apostol. Sinasagot nito ang dalawang mga tanong ng naunang iglesiya:
   1. naibalik ba si Pedro?
   2. ano ang tungkol sa alamat ng mahabang buhay ni Juan?

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 21:1-3

**[1]Pagkatapos ng mga bagay na ito ay napakitang muli si Hesus sa mga alagad sa tabi ng dagat ng Tiberias; at siya'y napakita sa ganitong paraan. [2]Samasama nga si Simon Pedro, at si Tomas na tinatawag na Didimo, at si Natanael na taga Cana ng Galilea, at ang mga anak ni Zebedeo, at dalawa pa sa kaniyang mga alagad. [3]Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, Mangingisda ako. Sinabi nila sa kaniya, Kami man ay magsisisama sa iyo. Sila'y nagsiyaon, at nagsilulan sa daong; at nang gabing yaon ay wala silang nahuling anoman.**

**21:1 "Dagat ng Tiberias"** Ang Tiberias ay isang pinamamahalang kabisera ng mga Romano sa Galilea. Ang bahagi ng tubig ay kilala rin bilang "Dagat ng Galilea" (cf. 6:1) o "Lawa ng Gennesaret" (cf. Mateo 14:34; Marcos 6:53; Lucas 5:1) at sa OT bilang "Lawa ng Chinnereth" (cf. Bilang 34:11; Deuteronomio 3:17; Joshua 11:2; 12:3; 13:27; 19:35; I Hari 15:20).

▣ **"Siya'y napakita sa ganitong paraan"** Ang PANDIWA ay may kahulugang "magpakita nang lubusan o maliwanag" (cf. 1:31; 2:11; 7:4; 9:3; I Juan 1:2; 2:28; 3:2; 4:9). Sa Mateo, mayroong isang pagpupulong sa Galilea na nangyari sa isang bundok (cf.26:32; 28:7,10,16), ang tagpo para sa "Dakilang Komisyon." Sa Juan, si Hesus ay nagpakita ng Kanyang sarili sa Dagat ng Tiberias. Sa tagpuang ito, si Hesus ay sinagot ang dalawang katanungang kinawiwilihang ng naunang iglesiya
1. naibalik ba si Pedro sa pamumuno
2. ano ang tungkol sa alamat na si Juan ay hindi mamamatay bago bumalik si Hesus

**21:2 "si Tomas na tinatawag na Didimo"** Tingnan ang Natatanging Paksa tungkol sa mga pangalan ng mga Apostol sa 1:45. Tila ang pito sa labing-isa ay nagtungo sa pangingisda.

▣ **"*mga anak* ni Zebedeo"** Ito ay tumutukoy kay Santiago (Jacob) at Juan (Johanan, cf. Mateo 4:21). Sinuman kay Santiago o Juan ay hindi nabanggit sa pangalan sa Ebanghelyo ni Juan.

**21:3 "Sinabi sa kanila ni Simon Pedro, 'Mangingisda ako'"** Ito ay PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Maraming mga palagay patungkol sa pangingisdang ito.
1. ito ay isang pamamahingang paglalakbay upang palipasin ang oras hanggang sa tinakdang pagpupulong ni Hesus (cf. Mateo 26:32; 28:7,10)
2. ito ay para sa layuning kumita ng salapi
3. ito ay muling pag-susulsol ni Pedro sa kanyang pagbabakasyong pangingisda

Ang kabanatang ito lubhang katulad ng Lucas 5.

▣ **"at nang gabing yaon ay wala silang nahuling anoman"** Pansining na ang mga lalaking ito, na kayang magpagaling ng sakit at magpalayas ng mga demonyo, ay walang mahimalang mga kapangyarihan sa lahat ng pagkakataon para sa lahat ng mga

layunin. Ang PANDIWANG ITO ay hindi ginamit kahit saan sa NT sa paghuli ng isda. Kadalasang ginagamit ito sa pagdakip sa sinuman.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:4-8

**[4]Nguni't nang nagbubukang liwayway na, si Hesus ay tumayo sa baybayin: gayon ma'y hindi napagalaman ng mga alagad na yaon ay si Hesus. [5]Sa kanila nga'y sinabi ni Hesus, Mga anak, mayroon baga kayong anomang makakain? Nagsisagot sila sa kaniya, Wala. [6]At kaniyang sinabi sa kanila, Ihulog ninyo ang lambat sa dakong kanan ng daong, at makakasumpong kayo. Inihulog nga nila, at hindi na nila mahila dahil sa karamihan ng mga isda. [7]Yaong alagad nga na iniibig ni Hesus ay nagsabi kay Pedro, Ang Panginoon nga. Kaya't pagkarinig nga ni Simon Pedro na yao'y ang Panginoon, ay nagbigkis siya ng kaniyang tunika (sapagka't siya'y hubo't hubad), at tumalon sa dagat. [8]Datapuwa't ang ibang mga alagad ay nagsilapit sa maliit na daong (sapagka't sila'y hindi lubhang malayo sa lupa, kundi may mga dalawangdaang siko), na hinihila ang lambat na puno ng mga isda.**

**21:4 "gayon ma'y hindi napag-alaman ng mga alagad na yaon ay si Hesus"** Mayroong maraming palagay sa kanilang kawalang kakayahan na makilala si Hesus.

1. napakadilim doon
2. Siya ay napakalayo
3. sila ay lubhang napagod
4. si Hesus ay nakita na bahagyang kakaiba (cf. Juan 21:12; Mateo 28:16-17; Lucas 24:13ff)
5. sila ay pinigil ng Diyos na makilala Siya (cf. Lucas 24:16)

**21:5 "Mga anak"** Ito ay ginamit nang patalinghaga. May dalawang salita para sa "munting anak" na karaniwang ginagamit sa NT. Itong isa (*paidion*) ay bihirang gamitin at ibang-iba sa mas karaniwang isa (*teknion*) na ginagamit sa Juan at I Juan. Ang salitang ito ay makikita lamang sa Ebanghelyo sa 4:49; 16:21, at dito. Ang mga salitang ito ay tila ginagamit na kasingkahulugan sa I Juan, *paidion* sa 2:13,18, ngunit *teknion* sa 2:1,12,28.

▣ **"mayroon baga kayong anomang makakaing isda"** Ang salitang "isda" (*prosphagion*) ay tunay na nangangahulugan ng kahit anong uri ng pagkain na kasama ng tinapay, ngunit sa kaugnay na kahulugang ito, ang "isda" ay kinailangan. Ang tanong na ito ay inaasahan ang isang "hindi" na sagot.

**21:6** Si Hesus ay kumikilos sa katulad na paraan na Kanyang ginawa noong una Niyang tinawag sila, Lucas 5:1-11. Bilang isang katangian ng kabanatang ito (tingnan ang tala sa v. 15), dalawang magkaibang Griyegong salita ang ginamit para sa bangka, *ploion* sa vv. 3 at 6 at *ploiaron* (maliit na bangka) sa v. 8. Si Juan ay nagpapakita ng kanyang pagkakaibang pangpanitikan sa kabanata nang maraming beses.

**21:7 "Yaong alagad nga na iniibig ni Hesus"** Ito ay tumutukoy sa may-akda ng Ebanghelyo, ang Apostol Juan (cf. 13:23; 20:2,3,8; 21:20). Si Juan ay hindi kailanman pinangalanan sa Ebanghelyo.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"nagbigkis siya ng kaniyang tunika (sapagka't siya'y hubo't hubad)"** |
| **NKJV** | **"Naglagay ang kanyang panlabas na damit (dahil tinanggal niya ito)"** |
| **NRSV** | **"siya ay naglagay ng ilang damit, dahil siya ay nakahubad"** |
| **TEV** | **"siya ay nagbalot ng kanyang panlabas na damit paikot sa kanya (dahil tinanggal niya ang kanyang damit)"** |
| **NJB** | **"Itinali ni Pedro ang kanyang panlabas na damit sa kanya (sapagkat wala siya nito)"** |

Ang mga unang siglong mamamayan sa Palestina ay nagsusuot ng panlabas na damit at isang saradong-kasiyang mahabang panloob. Tinanggal ni Pedro and kanyang panlabas na damit at inikot pababa hangang baywang ang kanyang panloob na kasuotan.

▣ **"yao'y ang Panginoon"** Ang salitang *kurios* ay ang Griyegong salita para sa "ginoo," "sir," "amo," "may-ari," o "panginoon." Sa ilang mga konteksto, ito ay isang mapitagang pagbati, ngunit sa iba, ito ay isang teolohikong na panindigan ng pagka-Diyos ni Hesus. Sa kaugnay na kahulugang ito, ang mga mangingisda ay nakilala ang taong ito sa baybayin bilang naluwalhati at muling-nabuhay na PANGINOON!

Ang pinagmulan ng salin ay nagmula sa pagkakagamit sa OT, kung saan ang YHWH ay isinalin bilang PANGINOON. Ito ay nangyari dahil sa ang mga Hudyo ay natatakot bigkasin ang pangkasunduang pangalan ng pagka-Diyos, kaya ipinalit nila ang ibang Hebreong salita na, *Adonai*, na tumutumbas sa *kurios*. Tingnan ang Natatanging Paksa sa 6:20.

Ang Panginoon ang katawagan na mas higit sa lahat ng pangalan sa Filipos 2:9-11. Ito ay bahagi ng pagtatapat sa pagba-bautismo sa unang iglesiya, "si Hesus ang PANGINOON" (cf. Roma 10:9-13).

**21:8 "ang ibang mga alagad"** Tila ang lahat ng mga nasa pang-loob na pangkat ay sumama kina Pedro at Juan para sa pamamahinga sa pangingisda bilan isang paraan upang makakuha ng guguguling salapi (hindi na sila makaaasa sa mga babaing

kasama ni Hesus sa paglalakbay).

▣ **"ang lambat na *puno* ng mga isda"** Kahit na sa mga huling panahon si Hesus ay patuloy na
1. nagpapatibay ng kanilang pananampalataya
2. nagkakaloob sa kanilang mga pangangailangan
3. nagpapatibay ng Kanyang muling pagkabuhay at kapangyarihan (higit sa kalikasan)

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:9-14

**9Kaya't nang sila'y magsilunsad sa lupa, ay nakakita sila doon ng mga bagang uling, at isda ang nakalagay sa ibabaw,
at tinapay. 10Sinabi sa kanila ni Hesus, Mangagdala kayo rito ng mga isdang inyong nangahuli ngayon. 11Umahon nga si
Simon Pedro, at hinila ang lambat sa lupa, puno ng malalaking isda, na isang daan at limangpu at tatlo, at sa ganoong
karami ay hindi napunit ang lambat. 12Sinabi sa kanila ni Hesus, Magsiparito kayo at mangagpawing gutom. At sinoman sa
mga alagad ay hindi nangahas na siya'y tanungin, Sino ka? sa pagkaalam na yaon ang Panginoon. 13Lumapit si Hesus, at
dinampot ang tinapay, at sa kanila'y ibinigay, at gayon din ang isda. 14Ito'y ang ikatlong pagpapakita ni Hesus sa mga
alagad, pagkatapos na siya'y magbangon sa mga patay.**

**21:9 "mga bagang uling, at isda ang nakalagay sa ibabaw, at tinapay"** Ang layunin ng maagang pang-umagang agahan ay para sa pagsasama at para sa teolohikong pagmumuni-muni. of this early morning breakfast was for fellowship and for theological reflection. Ang mga teolohikong implikasyon ay:
1. Ang bahaging ito ay may kaugnayan sa pagkakaila ni Pedro sa isang tagpo ng isa pang apoy sa uling (cf. 18:18). Ang salitang ito ay matatagpuan dito at doon.
2. Ang Ebanghelyo ni Juan at I Juan ay naisulat upang labanan ang maling paniniwala ng Nostisismo na itinatanggi ang pagkatao ni Hesus, ang Mesias. Kumain si Hesus na kasama nila.

**21:10** May dalawang magkaibang salita para sa isda sa talatang ito: (1) sa vv. 9,10, & 13 ang salita ay *opsarion*, na nagangahulugang maliit na isda at (2) sa vv. 6,8 & 11 ang salita ay *ichthus*, na nangangahulugang malaking isda. Sila ay tila ginamit nang halinhinan sa kaugnay na kahulugang ito.

**21:11 "isang daan at limangpu at tatlo"** Sa kaugnay na kahulugan, tila walang kahalagahang sinasagisag ang bilang na ito; ito ay isa lamang pagsasaysay ng nakasaksi. Datapuwat, ang hindi nararapat na pagkahilig ng mga unang iglesiya na gawaing allegorya ang lahat ng mga bilang at mga detalye, ay magpipilit na ang kahulugan ng talatang ito:
1. Si Cyril ay nagpahayag na ang 100 ay tumutukoy sa mga Hentil at ang 50 ay tumutukoy sa mga Hudyo at ang 3 ay para sa Trinidad.
2. Si Augustino ay binigyang-diin na ang binag na ito ay tumutukoy sa Sampung Kautusan at ang pitong mga kaloob ng Espiritu, kung saan ay katumbas ng bilang tabing-pito. Kung idadagdag mo ang mga bilang 1,2,3,4 hanggang 17 ikaw ay makakakua ng 153. Sinabi ni Augustino na ito ang kabuuang dami ng lalapit kay Kristo sa pamamagitan ng kautusan at biyaya.
3. Sinabi ni Jerome na mayroong 153 magkakaibang uri ng isda, samakatuwid, ito ay isang pagsasagisag sa lahat ng mga bansang lalapit kay Kristo. Ang paraang pang-alergorya ng pagbibigay kahulugan ay nagpapahayag ng kahusayan ng tagapagsalin at hindi ang kahulugan ng pinagmulan, kinasihang may-akda!

▣ **"at sa ganoong karami ay hindi napunit ang lamba"** Ito ay kahit alin sa karaniwang detalye ng saksi o isang pahiwatig na himala.

**21:14 "Ito'y ang ikatlong pagpapakita ni Hesus sa mga alagad, pagkatapos na siya'y magbangon sa mga patay"** Ito ay tiyak na tumutukoy sa dalawang ulat sa abanata 20 kasama ng isang ito.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:15-19

**15Kaya't nang mangakapagpawing gutom sila, ay sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo
baga ako ng higit kay sa mga ito? Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi niya sa
kaniya, Pakanin mo ang aking mga kordero. 16Sinabi niya sa kaniyang muli sa ikalawa, Simon anak ni Juan, Iniibig mo
baga ako? Sinabi niya sa kaniya, Oo, Panginoon; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi niya sa kaniya, Alagaan mo ang
aking mga tupa. 17Sinabi niya sa kaniya sa ikatlo, Simon, anak ni Juan, Iniibig mo baga ako? Nalumbay si Pedro
sapagka't sa kaniya'y sinabing makaitlo, Iniibig mo baga ako? At sinabi niya sa kaniya, Panginoon, nalalaman mo ang
lahat ng mga bagay; nalalaman mo na kita'y iniibig. Sinabi sa kaniya ni Hesus, Pakanin mo ang aking mga tupa.
18Katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Nang ikaw ay bata pa, ikaw ay nagbibihis, at ikaw ay lumalakad kung
saan mo ibig; nguni't pagtanda mo'y iuunat mo ang iyong mga kamay, at bibigkisan ka ng iba, at dadalhin ka kung saan**

**hindi mo ibig. [19]Ito nga'y sinalita niya, na ipinaalam kung sa anong kamatayan ang iluluwalhati niya sa Diyos. At pagkasalita niya nito, ay sinabi niya sa kaniya, Sumunod ka sa akin.**

**21:15 "Simon, *anak* ni Juan"** Pansining hindi siya tinawag ni Hesus na "Simon Pedro;" ang taong ito ay anuman maliban sa isang bato!

Mayroong mga pagkakaiba sa kasulatan na kaugnay ng pangalan ng ama ni Simon.

1. Juan – א[1], B, C[*], D, L W
2. Jona – A, C[2]
3. omit – א[*]

Ang UBS[4] ay nagbigay sa opsyon #1 ng "B" na antas (halos tiyak) na sumusunod sa 1:42 ($P^{66}$, $P^{72}$, א, B[*], L, W).

▣ **"pag-ibig. . . pag-ibig. . . pag-ibig"** Mayroong isang maliwanag na tatluhang pag-uulit na tila kaugnay sa tatlon beses na pagkakaila ni Pedro sa patyo ng Punong Saserdote (cf. 18:17,25,27). Mayroong sari-saring mga pagkakatulad at pagkakaiba sa saanman bahaging ito.

1. pag-ibig (*phileō*) laban sa pag-ibig (*agapaō*)
2. kordero laban sa tupa
3. malaman (*ginoskō*) laban sa malaman (*oida*)

Mayroong maraming pagtalakay kung ito ay tumutukoy sa pampanitikang pagkakaiba o kung mayroong nilalayong pagkakaiba ng mga salita. Si Juan ay kadalasang gumagamit ng mga pagkakaiba, lalo na sa kabanatang ito (dalawang salita para sa "mga anak," "bangka," at "isda"). May tila ilang pagkakaiba sa kaugnay na kahulugan sa pagitan ng Griyegong salitang *agapaō* and *phileō*, ngunit ito dapat idiin dahil sa Griyegong Koine sila ay magkasingkahulugan (cf. 3:35; 5:20; 11:3,5).

▣ **"iniibig mo baga ako ng higit kaysa mga ito"** Ang palaugnayan ay may kalabuan bilang paksa ng tanong na ito. Ang ilan ay nagpapahayag na ito ay tumutukoy sa

1. Pangingisda bilang isang pamamahinga
2. Mga nakaraang pagpapahayag ni Pedro ng pag-ibig kay Hesus na higit kaysa ibang mga alagad (cf. Mateo 26:33; Marcos 14:29 and Juan 13:37)
3. Ang una ang siyang magiging linkod ng lahat (cf. Lucas 9:46-48; 22:24-27)

▣ **"Pakanin mo ang Aking mga kordero"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ang lahat ng tatlong mga pahayag ay magkakatulad na anyong pangbalarila (cf. vv. 16 at 17), ngunit bahagyang pagkakaiba sa paggamit ng salit (patnubayan ang Aking tupa at alagaan ang Aking tupa).

**21:17 "Panginoon, nalalaman mo ang lahat ng mga bagay"** Si Pedro ay natutong hindi magsalita nang mabilis. Siya ang nagpapahayag ng mabuting teolohiya (cf. 2:25; 6:61,64; 13:11; 16:30).

▣ **"nalalaman Mo na kita'y iniibig"** May isang pagbabago sa Griyegong salita para sa "malaman" sa pagitan ng v. 16 (*oida*) at v. 17 (*oida* at *ginoskō)*. Ang tumpak na dahilan ay hindi tiyak at maaaring magbunga ng pagkakaiba.

**21:18 "iuunat mo ang iyong mga kamay"** Ito ay maaaring isang teknikong wikain na ginamit (1) sa unang iglesiya at (2) sa panitikang Griyego para sa "pagpapapako sa krus."

**21:19 "ipinaalam kung sa anong kamatayan ang iluluwalhati niya sa Diyos"** Ang tradisyon ay nagsasabing si Pedro ay namatay pagkakapako sa krus ng patiwarik. Sa *The Ecclesiastical History*, Tomo 3:1, sinabi ni Eusebio na, "si Pedro ay pinaniniwalaan na nangaral sa Pontius, Galacia, Bithynia, Cappadocia, and Asya sa mga Hudyo ng Diaspora. Pagtungo sa Roma siya ay pinako sa krus na nasa ibaba ang ulo sa kanyang sariling kahilingan." Tingnan ang tala sa 1:14.

▣ **"Sumunod ka sa Akin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS, tulad ng sa v. 22. Ito ay may kaugnayan sa pagpapanibago at pagpapatibay muli ni Pedro sa panawagang mamuno (cf. Mateo 4:19-20).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:20-23

**[20]Si Pedro, paglingon, ay nakita yaong alagad na iniibig ni Hesus na sumusunod; na siya ring humilig sa kaniyang dibdib sa paghapon, at nagsabi, Panginoon, sino ang sa iyo'y magkakanulo? [21]Pagkakita nga ni Pedro sa kaniya ay nagsabi kay Hesus, Panginoon, at ano ang gagawin ng taong ito? [22]Sinabi sa kaniya ni Hesus, Kung ibig kong siya'y manatili hanggang sa ako'y pumarito, ay ano nga sa iyo? sumunod ka sa akin. [23]Kumalat nga ang sabing ito sa gitna ng mga kapatid, na ang alagad na yaon ay hindi mamamatay: gayon ma'y hindi sinabi ni Hesus, sa kaniya na hindi siya mamamatay; kundi, Kung ibig kong siya'y manatili hanggang sa ako'y pumarito, ay ano nga sa iyo?**

**21:20 "yaong alagad na iniibig ni Hesus"** Ito ay tumutukoy sa ulat na matatagpuan sa 13:25. Kung bakit siya tinatawag sa ganitong misteryosong paraan ay wala katiyakan (cf. 13:23; 19:26; 20:2; 21:7,20). Ang mga maaaring paliwanag ay

1. ang mga kinaugaliang mga sulat ng mga Hudyo noong unang siglo ay hindi nagbabanggit ng may-akda sa pangalan
2. si Juan ay napakabata pa nung siya'y naging tagasunod ni Hesus
3. si Juan lamang ang Apostol na namalagi kasama ni Hesus sa panahon ng pag-uusig at pagpapapako sa krus

**21:22 "Sinabi sa kaniya ni Hesus, 'Kung ibig kong siya'y manatili hanggang sa ako'y pumarito, ay ano nga *sa* iyo'"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP. Tatandaang dapat gamitin ang ating mga kaloob at paglilingkod at hindi tumuon sa panukala ng Diyos sa iba! Ang maaaring dahilan para sa pagdadagdag sa kabanata 21 ay upang sagutin ang di-pagkakaunawaan sa kasalukuyang isyung ito. Til may isang naunang alingawngaw (maaaring Nostik) na si Juan ay mabubuhay hangang sa Pangalawang Pagparito (Si Juan ay nagsasabi patungkol sa *Parousia*, cf. I Juan 3:2).

▣ **"sumunod ka sa Akin"** Ito ay halos nagbubuod ng pansariling panawagan ng Ebanghelyo ni Juan (cf. 1:43; 10:27; 12:26; 21:19,22). Binibigyang-diin nito ang pangsariling anyo ng ebanghelyo, habang "pananampalataya sa" ay nagbibigay-diin sa nilalamang anyo ng ebanghelyo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:24

**[24] Ito ang alagad na nagpapatotoo sa mga bagay na ito, at sumulat ng mga bagay na ito; at nalalaman namin na ang kaniyang patotoo ay totoo.**

**21:24 "sumulat ng mga bagay na ito"** Ito ba ay tumutukoy sa (1) vv. 20-23: (2) kabanata 21; o (3) sa buong Ebanghelyo? Ang sagot ay walang katiyakan.

▣ **"nalalaman namin na ang kaniyang patotoo ay totoo"** Ang tiyak na pangkat sa pinatutungkulan ng PANGHALIP na "namin" ay hindi maliwanag. Ito ay maliwanag na ang iba ay dinadala sa paninindigan sa katotohanan ng Ebanghelyo ni Juan. Ito ay maaaring tumukoy sa mga matatanda ng Efeso. Ito ang pook kung saan si Juan nabuhay, naglingkod, at namatay. Ang mga sinaunang tradiyon ay nagbibigay-diin na ang mga pinuno sa Efeso ay hinimok ang matandang si Juan upang sumulat ng kanyang Ebanghelyo dahil sa pagkamatay ng lahat ng iba pang Apostol at ang sumusulong na mga maling pananampalataya tungkol kay Hesus. Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Saksi kay Hesus at 1:8.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 21:25

**[25]At mayroon ding iba't ibang mga bagay na ginawa si Hesus, na kung susulating isa-isa, ay inaakala ko na kahit sa sanglibutan ay hindi magkakasiya ang mga aklat na susulatin.**

**21:25** Ang talata 25 ay pinagtatalunan dahil sa dalawang paliwanag: (1) sa mga maraming kasulatan ang Juan 7:53 - 8:11 ay isiningit sa pagitan ng mga talatang 24 at 25 (2) sa kasulatang Sinaiticus (א) ang manunulat ay binura ang isang palamuting Kolopon at isiningit ang v. 25 pagkatapos. Ito ay napuna sa pamamagitan ng mga sinag na ultrayolado sa *British Museum*. Ang talatang ito ay tiyakang nagpapabatid sa atin na ang mga may-akda Ebanghelyo ay mapili sa kanilang pagtatala. Ang tanong na pang-*hermeneutics* na palaging itinatanong ay, "Bakit nila itinala sa ganitong paraan na katulad ng kanilang ginawa at hindi agarang pinagsama ang apat na Ebanghelyo?" (tingnan si Gordon Fee at Douglas Stuart sa, *How To Read the Bible For All Its Worth*).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Sa paanong paran ang Juan 21 ay katulad ng Lucas 5?
2. Bakit hindi agad nakilala ng mga agalad si Hesus?
3. Sino ang alagad na inibig ni Hesus?
4. Bakit tinanong ni Hesus si Pedro nang tatlong beses tungkol sa kanyang pag-ibig sa Kanya?
5. Ipinahaya ba ni Hesus na si Juan ay mabubuhay hanggang Siya ay dumating muli?
6. Sino ang tinutukol sa talata 24?
7. Ang talata 25 ba ay orihinal?

# I JUAN

## PANIMULA SA I JUAN

## ANG KATANGI-TANGI SA AKLAT

A. Ang aklat ng I Juan ay hindi isang personal sulat ni hindi isang sulat na isinulat sa isang iglesiya kundi ito ay isang "Pamukay-Damdaming Talaan mula sa Puong Tanggapan" (pangmaramihang sulat).
   1. Ito ay walang tradisyonal na panimula (kanino galing, kanino papunta).
   2. Ito ay walang mga personal na pagbati o pagwawakas na mensahe.

B. Walang nabanggit ng mga personal na mga pangalan. Ito ay lubhang di-karaniwan maliban sa mga aklat na naisulat sa maraming mga iglesiya, tulad ng sa Efeso at Santiago. Ang tanging sulat sa NT na hindi nagsama ng pangalan ng may-akda ay Hebreo. Gayunman, ito ay maliwanag na ang I Juan ay isinulat sa mga mananampalataya na sa kasalukuyan ay nakakaranas ng isang panloob sa suliranin sa iglesiya sa mga bulaang mangangaral (Nostiko).

C. Ang sulat na ito ay isang makapangyarihang pagpapaliwanag na pang-teolohiko
   1. Ang pagiging sentro ni Hesus
      a. buong Diyos at buong tao
      b. kaligtasan ay dumating sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesukristo, hindi isang mahiwagang karanasan o lihim na kaalaman (bulaang mangangaral)
   2. Ang pangangailangang para sa Kristiyanong pamumuhay (tatlong pagsusuri ng tunay na Kristiyanismo)
      a. Pag-ibig sa kapatiran
      b. pagsunod
      c. pagtanggi sa nalugmok na sistema ng sanglibutan
   3. Ang katiyakan ng walang hangang kaligtasan sa pamamagitan ng ananampalataya kay Hesus ng Nazaret ("malaman" ay ginamit ng 27 beses
   4. Paano makikilala ang mga bulaang mangangaral

D. Ang mga sulat ni Juan (lalo na ang I Juan) ay ang pinakamaliit ang pagiging komplikado sa Griyegong Koine sa kahit sinong may-akda ng NT, ngunit ang kanyang mga aklta, di tulad ng iba, ay nagtutuwid ng mga kakaliman ng mga the pagkaunawa at mga walang hanggang katotohanan ng Diyos kay Hesukristo (i.e., ang Diyos ay Liwanag, I Juan 1:5; ang Diyos ay Pag-ibig, I Juan 4:8,16; ang Diyos ay espirtu, Juan 4:24).

E. Ito ay maaari na ang I Juan ay isang pabalat na sulat para sa Ebanghelyo ni Juan. The Nostikong maling pananampalataya noong unang siglo ay bumubuo ng kaligiran para sa kapwa aklat. Ang Ebanghelyo ay mayroong layuning pagtuturo ng Mabuting Balita, habang ang I Juan ay isinulat para sa mga mananampalataya (i.e., pagiging alagad o disipulo).

   Ang kilalang tagapagsuri na si Westcott ay nagbigay-diin na ang Ebanghelyo ay pinaninindigan ang Pagka-Diyos ni Hesus, habang ang I Juan ay binibigyang-diin ang Kanyang pagiging-tao. Ang mga aklat na ito ay magkasama!

F. Si Juan ay sumulat sa itim at puti na mga salita (dualismo). Ito ang katangian ng Dead Sea Scrolls at ang Nostikong bulaang mangangaral. Ang pampanitikang dualismo na binalangkas sa I Juan ay kapwa berbal (liwanag laban sa dilim) at pangkakanyahan (isang negatibong pahayag na sinusundan ng isang positibo). Ito ay naiiba mula sa Ebanghelyo ni Juan, na gumagamit ng isang pataas na dualismo (Hesus na galing sa itaas laban sa lahat ng mga tao sa ibaba).

G. Napakahirap balangkasin ng I Juan dahil sa paulit-ulit na paggamit ng mga paksa ni Juan. Ang aklat ay tulad ng tapiserya ng mga katotohanan na inihabi ng sama-sama sa inuulit na mga tularan (cf. Bill Hendricks, *Tapestries of Truth, The Letters of John)*.

## MAY-AKDA

A. Ang pag-akda ni I Juan ay isang bahagi ng pagtatalo sa pag-akda sa mga naisulat ni Juan— the Ebanghelyo, I Juan, II Juan, III Juan at Pahayag.

B. May dalawang batayang mga kinatatayuan
   1. Pang-tradisyon

a. Ang tradisyon ay nagkakaisa sa gitna ng mga unang mga ama ng Iglesiya na si Juan, ang minamahal na Apostol, ang may-akda ng I Juan

b. Buod ng katibayan ng naunang iglesiya

(1) Clemente ng Roma (A.D. 90) ay gumawa ng pagkabanggit sa I Juan

(2) Polycarpo ng Smyrna, *Philippians 7* (A.D. 110-140) ay sinipi ang I Juan

(3) Kay Justin Martyr, *Dialogue* 123:9 (A.D. 150-160) ay sinipi I Juan

(4) Mga pagkabanggit sa I Juan ay ginawa sa mga sulat ni

(a) Ignatio ng Antioch (hindi tiyak ang petsa ng kanyang mga sulat ngunit maaga sa A.D. 100)

(b) Papias ng Hierapolis (na ipinanganak sa pagitan ng A.D. 50-60 at naging martir noong A.D. 155)

(5) Ipinalalagay ni Irenaeo ng Lyons (A.D. 130-202) ang I Juan kay Apostol Juan. Si Tertullyano, ang isang naunang tagapagtanggol na sumulat ng 50 aklat laban sa mga maling pananampalataya, ay kadalasang sinisipi ang I Juan

(6) Ang ibang pang mga sulat na ipinalalagay ang pag-akda ni Apostol Juan ay sina Clemente, Origen, at Dioniseo, lahat ng tatlo sa Alexandria, ang *Muratorian Fragment* (A.D. 180-200), at Eusebeo (pangatlong siglo).

(7) Si Jerome (pangalawa kalahati ng pang-apat na siglo) ay pinanindigan ang pag-akda ni Juan ngunit inamin an ito ay itinatanggi ng ilan sa kanyang panahon.

(8) Teodoro ng Mopsuestia, Obispo ng Antioch mula A.D. 392-428, ay itinanggi ang pagiging may-akda ni Juan.

c. Kung si Juan, ano ang nalalaman natin tungkol kay Apostol Juan?

(1) Siya ay anak ni Zebedeo at Salome

(2) Siya ay isang mangingisda sa Dagat ng Galilea kasama ang kanya kapatid na si Santiago (maaaring nagmamay-ari ng maraming bangka)

(3) May naniniwalang ang kanyang ian ay kapatid ni Maria, ang ina ni Hesus (cf. Juan 19:25; Marcos 15:20)

(4) Siya ay tila mayaman dahil mayroon siyang

(a) Upahang mga alipin (cf. Marcos 1:20)

(b) Maraming bangka

(c) Isang tahanan sa Herusalem

(5) Si Juan ay mayroong paglapit sa bahay ng Punong Saserdote sa Herusalem, na nagpapakita na siya ay isang taong nakikilala (cf. Juan 18:15-16)

(6) Kay Juan itinagubilin ang pangangalaga kay Maria, na ina ni Hesus

d. Ang tradisyon ng naunang Iglesiya ay nagkakaisang nagpapatotoo na si Juan ay nabuhay nang mas matagal kaysa sa lahat ng mga Apostol, at pagkatapos ng kamatayan ni Maria sa Herusalem siya ay lumipas sa Asya Minor at nanirahan sa Efeso, ang pinakamalaking lungsod sa lugar nayaon. Mula sa lungsod na ito siya ay ipinatapo sa Pulo ng Patmos (na malapit sa baybayin) at pagkatapos ay pinakawalan at bumalik sa Efeso (Si Eusebo ay sinipi sina Polycarpo, Papias at Irenaeo).

2. Makabagong Kaalaman

a. Ang malawak sa nakararaming mga makabagong iskolar ay kinikilala ang pagkakatulad sa lahat ng mga sulat ni Juan, lalo na sa pagpaparirala, talahulugan, at mga anyong pang-balarila. Isang mabuting halimbawa nito ay ang lubos na pagkakaiba na nagtatangi sa mga sulat na ito: buhay laban sa kamatayan, katotohanan laban sa kasinungalingan. Ang katulad na pagkakaibang dalawahan ay maaaring makita sa mga sulat ng panahon, ang Dead Sea Scrolls at nagsisimulang Nostikong mga sulat.

b. Mayroong maraming mga palagay patungkol sa panloob na ugnayan sa pagitan ng limang aklat na sa tradisyon ay inuukol kay Juan. Ang ilang mga pangkat ay nagpapahayag na ang pag-akda ay sa isang tao, dalawang tao, tatlong tao, at higit pa. Ito ay tila ang pinaka-mapaniniwalaang katayuan ay ang lahat na mga sulat ni Juan ay bunga ng mga kaisipan ng isang tao, kahit na ba maaaring ng maramin sa kanyang mga alagad.

c. Ang pansarili kong paniniwala ay si Juan, ang matandang Apostol, ang sumulat ng lahat sa limang aklat patungo sa pagtatapos ng kaniyang gawain sa Efeso.

3. Ang isyu ang pag-akda ay isang isyn ng hermeneutics, hindi inspirasyon. Sa katapusan, ang may-akda ng Banal na Kasulatan ay ang Diyos!

## **PETSA** —Maliwanag na maiuugnay sa pag-akda

A. Kung si Apostol Juan ang nag-akda ng mga sulat, at lalo na ang I Juan, pinag-uusapan nating ang ilang panahon sa pagsasara ng unang siglo. Ito ay maaaring magbigay na panahon para sa pagsibol ng mga Nostikong bulaan teolohikong/pilosopikong sistema at maaaring maging angkop sa ginamit sa mga salita sa I Juan ("munting mga

anak"), na tila nagpapahiwatig ng isang mas matandang tao na nakikipag-usap sa isang mas batang pangkat ng mga mananampalataya. Sinabi ni Jerome na si Juan ay nabuhay ng 68 taon pagkatapos ng pagpapapako sa krus ni Hesus. Ito ay tila umaangkop sa sa tradisyong ito.

B. Si A.T. Robertson ay iniisip na ang I Juan ay naisulat sa pagitan ng A.D. 85-95, habang ang Ebanghelyo ay naisulat noong A.D. 95.

C. *The New International Commentary Series on I John* ni I. Howard Marshall ay nanidigan na ang petsa na sa pagitan ng 60-100 A.D. ay kasing lapit sa makabagong pag-aaral na maaaring dumating sa pagpapalagay ng petsa ng mga sulat ni Juan.

## ANG MGA TUMANGGAP

A. Ang tradisyon ay nagbibigay-diin na ang aklat na ito ay isinulat sa Lalawigang Romano ng Asya Minor (kanlurang Turkiya), kung saan ang Efeso siyang pangunanahing lungsod sa nasasakupan.

B. Ang sulat at tila ipinadala sa isang tiyak na pangkat ng mga iglesiya sa Asya Minor na nakakaranas ng isang suliranin sa mga bulaang mangangaral (tulad sa Colosas at Efeso), tiyakang
   1. Dosetikong Nostiks na itinatanggi ang pagkatao ni Kristo, ngunit pinaninindigan ang kanyang pagka-Diyos
   2. Antinomyanong Nostiks na inihiwalay ang teolohiya mula sa etika/kagandahang-asal

C. Si Augustino (ikaapat na siglo A.D.) ay sinabi na ito ay naisulat sa mga Parthians (Babylon). Siya ay sinundan ni Cassiodrus (maagang ikaanim na siglo A.D.). Ito ay maaaring nanggaling sa pagkalito sa "ang hinirang na ginang," II Juan 1, at ang pariralang, "siya (babae) na nasa babylon," I Pedro 5:13.

D. Ang Muratorian Fragment, isang naunang mga kanonikong talaan ng mga aklat sa NT na naisulat sa Roma noong A.D. 180-200, ay nagpapahayag na ang sulat na ito ay inakda "pagkatapos ng masidhang paghihikayat ng kanyang mga kapwa alagad at mga obispo" (sa Asya Minor).

## ANG MALING PANANAMPALATAYA

A. Ang sulat mismo ay isang maliwanag na sagot laban sa isang uri ng bulaang katuruan (i.e., "Kung sinasi niyo. . ." 1:6ff at "siya na nagsasabi ..." 2:9; 4:20 [pagtuligsa]).

B. Maaari nating matutunan ang mga panimulang aral ng maling pananampalataya sa pamamagitan ng mga panloob na katibayan mula sa I Juan.
   1. Isang pagtanggi sa pagkakatawang-tao ni Hesukristo
   2. Isang pagtanggi sa pagka-pangunahin ni Hesukristo sa kaligtasan
   3. Isang kakulangan ing isang angkop na Kristiyanong pamumuhay
   4. Isang pagbibigay-diin sa kaalaman (kadalasang lihim)
   5. Isang pagkahilig patungo sa pagbubukod

C. Ang kapaligiran ng unang siglo
Ang Romanong mundo ng unang siglo ay isang panahon ng eklektisismo sa pagitan ng mga Silangan at Kanlurang Relihiyon. Ang mga diyos ng Griyego at Romanong panteon ay nasa hindi mabuting pangalan. Ang mga Mahiwagang relihiyon ay kilalang-kilala dahil sa kanilang pagbibigay-diin sa personal na pakikipag-ugnayan sa Diyos at lihim na kaalaman. Ang sekular na Griyegong pilosopiya ay nakapaksikat at sumasanib sa iba pang mga pananaw sa sanglibutan. Sa mundo ng relihiyong eklektik ay dumating ang pagbubukod ng Kristiyanong pananampalataya (Si Hesus ang tanging daan sa Diyos, cf. Juan 14:6). Kung ano man ang tiyak sa kaligiran ng maling pananampalataya, ito ay isang pagtatangka na gawin ang tila kakitiran ng Kristiyanismo na maaaring paniwalaan at katanggap-tanggap sa kaalaman sa isang mas malaking taga-pakinig na Griyego-Romano.

D. Dalawang maaaring pagpilian sa kung anong pangkat ng Nostiks ang tinutukoy ni Juan
   1. Ang Nagsisimulang Nostisismo
      a. Ang mga panimulang turo ng nagsisimulang Nostisismo noong unang siglo ay tila naging isang pagbibigay-diin sa ontologikong (walang hanggang) dualismo sa pagitan ng espirtu at bagay. Ang espiritu (Mataas na Diyos) ay ipinapalagay na mabuti, habang ang bagay ay likas na masama. Ang dalawahang paghahambing ay may pagkakatulad sa Platonismo: pangkaisipan laban sa pisikal, makalangit laban sa makamundo, di-nakikita laban sa nakikita. Mayroong ding higit na pagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga lihim na kaalaman (pasword o lihim na kodigo na nagpapahintuloy sa isang kaluluwa na dumaan sa mga kabilugang pang-anghel [*aeons*] patungo sa mataas na diyos na kinakailangan para sa kaligtasan.

b. Mayroong dalawang anyo ng nagsisimulang Nostisismo na malinaw na maaaring maging kaligiran ng I Juan
    (1) Dosetikong Nostisismo, na itinatanggi ang tunay na pagkatao ni Hesus dahil ang bagay ay masama
    (2) Cerinthian Nostisismo, na kumikilala kay Kristo na kasama ng maraming *aeons* o maka-anghel na antas sa pagitan ng mabuting mataas na high diyos at masamang bagay. Itong "Espiritu ni Kristo" na nananahan sa taong si Hesus sa kanyang bautismo at linisan siya bago ang kanyang pagpapapako sa krus.
    (3) Sa dalawang pangkat na ito, ang ilan ay ginagawa na asetisismo (kung gusto ng katawano, ito ay masama), ang iba ay antinomyanismo (kung gusto ng katawan mo, pagbigyan mo). Walang katunayan sa isang maunlad na sistema ng Nostisismo sa unang siglo. Mula sa gitna pangalawa siglo na natala ang mga katibayan ng pag-iral. Para sa mas marami pang kaalaman patungkol sa "Nostisismo" tingnan ang
        (a) *The Gnostic Religion* ni Hans Jonas, na inilimbag ng Beacon Press
        (b) *The Gnostic Gospels* ni Elaine Pagels, na inilimbag ng Random House
        (c) *The Nag Hammadi Gnostics Texts and the Bible* ni Andrew Helmbold

2. Minumungkahin ni Ignation ang isa pang maaaring pinanggalingan ng maling pananampalataya sa kanyang mga sulat *to the Smyrnaeans* iv-v. Itinatanggi nila ang pagkakatawang-tao ni Hesus at namuhay ng antinomyanong pamumuhay.
3. Ang isa pang maaaring hindi gaanong pinagmulan ng maling pananampalataya ay si Meander of Antioch, na kilala sa mga sulat ni Irenaeo, *Against Heresies* XXIII. Siga ay taga-sunod ni Simon ang Samaritano at isang nagsusulong ng lihim na kaalaman.

E. Ang Maling Pananampalataya Ngayon
1. Ang espirtu nitong maling pananampalataya ay nasa ating kalagitnaan ngayon kapag ang tao ay sinubukang ipagsama ang Kristiyanong katotohanan sa ibang mga sistema ng isipan.
2. Ang espirtu nitong maling pananampalataya ay nasa ating kalagitnaan ngayon kapag ang tao ay nagbigay-diin sa "tamang" doktrina na paghihiwalay sa personal na ugnayan at buhay pananampalataya.
3. Ang espirtu nitong maling pananampalataya ay nasa ating kalagitnaan ngayon kapag ang tao ay pinainog ang Kristiyanismo isang pili na pagtatanging pang-kaalaman.
4. Ang espirtu nitong maling pananampalataya ay nasa ating kalagitnaan ngayon kapag ang mga relihiyosong tao ay uminog sa asetisismo o antinomyanismo.

## LAYUNIN

A. Ito ito ay praktikong pagtuon for mga mananampalataya
1. Upang bigyan sila ng kaligayan (cf. 1:4)
2. Upang himukin sila na mamuhay ng maka-Diyos na pamumuhay (cf. 1:7; 2:1)
3. Upang utusan silang (at ipaalala sila) na mab-ibigan sa isa't-isa (cf. 4:7-21) at hindi sa sanglibutan (cf. 2:15-17).
4. Upang bigyan sila ng katiyakan ng kanilang kaligtasan kay Kristo (cf. 5:13)

B. Ito pagtuong doktrinal para sa mga mananampalataya
1. pabulaan ang kamalian ng paghihiwalay ng pagka-Diyos at pagka-tao ni Hesus
2. pabulaan ang kamalian ng paghihiwalay ng kabanalan sa isang katalinuhan na walang maka-Diyos na pamumuhay
3. pabulaan the kamalian na ang sinuman ay maaaring maligtas na bukod sa kapwa.

## UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahin mga paksa at ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. At iba pa

# I JUAN 1:1-2:2

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Salita ng Buhay | Anu ang Nakita, Narinig, at Nahawakan | Panimula | Ang Salita ng Buhay | Ang Nagkatawang Tao na Salita at Nakikibahagi sa Ama at sa Anak |
| 1:1-4 | 1:1-4 | 1:1-4 | 1:1-4 | 1:1-4 |
| Ang Diyos ay Ilaw | Ang Basihan ng Pakikisama sa Kanya | Ang Tamang Saloobin Patungkol sa Kasalanan | Ang Diyos ay Ilaw | Ang Lumakad sa Liwanag (1:5-2:28) |
| 1:5-10 | 1:5-2:2 | 1:5-10 | 1:5-7 | 1:5-7 |
| | | | | Unang Kondisyon: Ang Makipaghiwalay sa Kasalanan |
| | | | 1:8-10 | 1:8-2:2 |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

---

* Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa or kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangngusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo**

## KALIGIRANG PANG-TEOLOHIYA

A. Ang siping ito ay may kinalaman sa Paunang Salita ng Ebanghelyo ni Juan (1:1-18, bago ang pisikal na paglilikha), na may kinalaman sa Genesis 1:1 (pisikal na paglikha). Gayunpaman, tumutukoy ito dito sa panimulang pampublikong ministeryo ni Hesus.

B. Ang Pagdidiin ay sa
   1. Ang buong pagkatao ni Hesukristo
      a. Ang PANTUKOY ay may kinalaman sa pandama ng tao: paningin, pandinig, pandama (cf. vv. 1,3). Si Hesus ay tunay na tao at pisikal
      b. buong mga titulo ni Hesus
         (1) ang Salita ng Buhay (cf. v.1)
         (2) Kanyang Anak na si Hesukristo (cf. v. 3)
   2. Ang Pagka-Diyos ni Hesus ng Nazaret
      a. Pag-iral bago ang paglilikha (vv. 1,2)
      b. pagkakatawang-tao (v.2)

   Ang mga katotohanang ito ay tuwirang lumalaban sa pananaw ng mga bulaang guro ng Nostisismo.

## PALAUGNAYAN

A. Talata 1-4
   1. Mga talata 1-3a ay bumuo ng isang pangungusap sa Griyego.
   2. Ang pangunahing PANDIWA "ipahayag" ay nasa v. 3. Ang pagdidiin ay sa nilalaman ng katuruang Apostol
   3. Mayroong apat na PAMANGGIT NA MGA SUGNAY sa v. 1 na inilagay ng pasulong sa kanilang mga sugnay para sa pagdidiin.
      a. "Yaong buhat sa pasimula"
      b. "yaong aming narinig"
      c. "yaong nakita ng aming mga mata"
      d. "yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay"
   4. Ang talata 2 ay parang panaklong patungkol sa pagkakatawang tao ni Kristo. Ang katotohanang napaka hindi akma sa balarila na nagdadala ng pansin para dito!
   5. Ang mga 3 at 4 ay nagpapaliwanag ng mga layunin ng pang-Apostol na pagpapahayag ni Juan: malapit na ugnayan at kagalakan. Mga salaysay ng mga pang-Apostol na saksi ang isa sa sinauang batayan ng iglesya para sa kanonisasyon.
   6. Pansinin ang daloy ng mga PANDIWA PANAHUNAN sa talata 1
      a. DI-GANAP (naunang umiiral)
      b. GANAP, GANAP (nanatili sa katotohanan)
      c. AORIST, AORIST (partikular na mga halimbawa)

B. Mga talata 1:5-2:2
   1. Ang mga PANGHALIP sa 1:5-2:2 ay napakalabo, ngunit naisip ko lahat ng ito maliban sa v. 5, ay tumutukoy sa Ama (kagaya ng sa Efeso 1:3-14)
   2. Lahat ng mga "kung" ay IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagsasalita sa maaaring pagkilos.
   3. Mayroong isang mahalagang teolohikong na pagkakaiba sa pagitan ng
      a. ang PANDIWANG PAMANAHONG PANGKASALUKUYAN laban sa AORIST ina may kinalaman sa "kasalanan"
      b. ang PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN, "kasalanan" laban sa "mga kasalanan"

## ANG MGA EREHE

A. Ang maling pag-aangkin ng mga erehe ay makikita sa vv. 1:6,8,10; 2:4,6,9.

B. Ang mga talata 5-10 na may ugnayan sa teolohikong pagtatangka na paghiwalayin ang pagkilala sa Diyos (teolohiya) mula sa pagsunod sa Diyos (etika). Ito ay kumakatawan sa walang habas na pagdidiin ng mga Nostik sa karunungan. Yaong mga nakakakilala sa Diyos ay ipapahayag ang Kanyang mga katangian sa kanilang mga pamumuhay.

C. Mga talata 1:8-2:2 ay dapat pantilihing balance sa 3:6-9. Sila ay kapwa mga bahagi ng isang barya. Sila ay maaaring nagpapabulaanan sa dalawang magkaibang mga kamalian:
   1. teolohikong kamalian (walang kasalanan)
   2. moral na kamalian (ang kasalanan ay di mahalaga)

D. I Juan 2:1-2 ay isang pagtatangka na magbalanse sa pagitan ng paggawa ng kasalanan sa pagdadala ng kasalanan ng

napakagaan (antinomiyanismo) at ang pauit ulit na suliranin ng Kristyanong mapaghahatol, legalismong kultural, o asetisismo
.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 1:1-4

**[1]Yaong buhat sa pasimula, yaong aming narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay, tungkol sa salita ng buhay; [2](At ang buhay ay nahayag, at aming nakita, at pinatotohanan, at sa inyo'y aming ibinabalita ang buhay, ang buhay na walang hanggan, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag); [3]Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo, upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin: oo, at tayo ay may pakikisama sa Ama, at sa kaniyang Anak na si Hesukristo: [4]At ang mga bagay na ito ay aming isinusulat, upang ang ating kagalakan ay malubos.**

**1:1 "Yaon"** Ang aklat ay nagsimula sa isang PAMBALAKI na PANGHALIP. Ito ay nagsasalita sa dalawahang aspeto ng mensahe ng Diyos na
1. ang mensahe patungkol kay Hesus
2. ang persona ni Hesus ng Kanyang sarili

Ang ebanghelyo ay isang mensahe, isang persona, at isang pamumuhay.

▣ **"ay"** Ito ay isang DI-GANAP NA NA MAY PAHIWATIG. Ito ay nagsasaysay ng pag-iral ni Hesus bago ang paglilikha (i.e., ito ang pabalik balik na tema ng mga kasulatan ni Juan, cf. v. 2; Juan 1:1,15; 3:13; 8:57-58; 17:5). Ito ang isang paraan ng pagpapahayag ng Kanyang pagka-Diyos. Si Hesus ay nagpapahayag sa Ama dahil Siya ay kasama na ng Ama buhat pa sa pasimula.

▣ **"buhat sa pasimula"** Ito ay isang halatang parunggit sa Genesis 1 at Juan 1, ngunit dito ito ay tumutukoy sa pasimulang pampublikong ministeryo ni Hesus (tignan Natatanging Paksa: *Archē* sa Juan 1:1). Ang pagdating ni Hesus ay hindi "Panukalang B." Ang ebanghelyo ay lagi nang panukala ng Diyos ng pagtutubos (cf. Genesis 3:15; Mga Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29). Ang parirala ayon sa kaugnay na kahulugang ito ay tumutukoy sa pasimulang personal na pagtatagpo ng labindalawang Apostol kay Hesus.

Si Juan ay gumagamit ng mga pagkaunawa ng "pasimula" (*archē*) ng madalas. Karamihan sa paglitaw ay nahahati sa dalawang pangunahing mga kaurian.
1. mula sa paglikha
   a. Juan 1:1,2 (Hesus buhat sa pasimula)
   b. Juan 8:44; I Hari 3:8 (Si Satanas mamatay tao at sinungaling mula pa sa pasimula)
   c. Pahayag 3:14; 21:6,12 (Hesus ang pasimula at katapusan)
2. mula sa panahon ng pagkakatawang tao at ministeryo ni Hesus
   a. Juan 8:25; I Juan 2:7 [dalawang beses]; 3:11; II Juan 5,6 (mga katuruan ni Hesus)
   b. Juan 15:27; 16:4 (kasama ni Hesus)
   c. I Juan 1:1 (mula sa pasimula ng pampublikong ministeryo ni Hesus)
   d. I Juan 2:13,24 [dalawang beses] (mula sa kanilang pagtitiwala kay Hesus)
   e. Juan 6:64 (mula sa kanilang pagtakwil kay Hesus)
3. ang kaugnay na kahulugan ay sumasang-ayon sa #2

### NATATANGING PAKSA: JUAN 1 NA INIHAMBING SA I JUAN 1

| | Ebanghelyo | Sulat |
|---|---|---|
| 1. | Sa pasimula (1:1,2) | Mula sa pasimula (1:1) |
| 2. | Salita (*logos*) (1:1) | Salita (*logos*) (1:1) |
| 3. | Buhay (*zōē*) (1:4) | Buhay (*zōē*) (1:1,2) |
| 4. | Liwanag kay Hesus (1:4) | Liwanag sa Diyos (1:5) |
| 5. | Ipinahayag ang Liwanag (1:4) | Ipinahayag ang Liwanag (1:5) |
| 6. | Kadiliman (1:5) | Kadiliman (1:5) |
| 7. | Saksi sa liwanag (1:6-8) | Saksi sa liwanag (1:3,5) |
| 8. | Sangkatauhan ay dinala sa Diyos (1:7,12-13) | Sangkatauhan ay dinala sa Diyos (1:3) |
| 9. | Nasilayan ang Kanyang kaluwalhatian (1:14) | Nasilayan ang Kanyang kaluwalhatian (1:1-3) |

▣ **"amin"** Ito ay nagpapahiwatig ng sama-sama ngunit personal na patotoo ng mga Apostol (i.e., mga NT na manunulat). Ang sama-samang patotoong ito ay isang katangian ng I Juan. Ito ay ginamit ng higit sa 50 na beses.

Ang ilan ay nakikita ang sama-samang mga PANGHALIP na ito na tumutukoy doon sa "tradisyon ni Juan." Ito ay maaring nagangahulugang mga tagabantay o mga guro ng naiibang teolohikong pananaw ni Juan.

▣ **"narinig. . .nakita"** Ang mga ito ay katulad GANAP NA AKTIBONG MGA NA MAY PAHIWATIG na nagdidiin sa pananatili ng mga resulta. S i Juan ay naninindigan sa pagkatao ni Hesus sa pamamagitan ng kanyang paulit-ulit na paggamit ng mga PANTUKOY na may kinalaman sa limang pandama sa vv. 1, 3. Siya nga ay nag-aangkin na maging matang saksi sa buhay at katuruan ni Hesus ng Nazaret.

▣ **"nakita . . . at nahawakan"** Ang mga ito ay katulad na AORIST na MAY PAHIWATIG na nagbibigay diin sa partikular na mga pangyayari. "Nakita " ibig sabihin "malapitang obserbahan" (cf. Juan 1:14), "nahawakan" ibig sabihin "malapitang suriin sa pamamagitan ng pandama" (cf. Juan 20:20,27; Lucas 24:39).

Ang Griyegong salita para sa "nahawakan" o "hinawakan" (*psēlaphaō*) ay matatagpuan lamang sa dalawang mga talata sa NT: dito at sa Lucas 24:39. Sa Lucas ito ay ginamit sa natapos na muling pagkabuhay na pagtatagpo kay Hesus. Ang I Juan ay ginagamit ito ng may katulad na pakahulugan.

▣ **"Salita ng Buhay"** Ang paggamit ng salitang *logos* ay nagsisilbing panghuli ng pansin ng mga bulaang Griyegong mga mangangaral, gaya ng sa Paunang Salita sa Ebanghelyo ni Juan (cf. 1:1). Ang salitang ito ay malawakang ginakit sa pilosopiya ng mga Griyego. Ito rin ay may partikular na pinagmulan sa buhay ng mga Hebreo (cf. Pambungad sa Juan 1, C). Ang pariralang ito ay tumutukoy dito sa kapwa mga nilalaman ng ebanghelyo at ang persona ng ebanghelyo.

**1:2** Ang talatang ito ay panaklong na nagpapaliwanag sa "buhay."

▣ **"buhay"** "*zōē*" (v. 2 dalawang beses) ay ginamit ng palagian sa mga kasulatan ni Juan para sa espiritwal na buhay, buhay sa muling pagkabuhay, buhay ng bagong panahon, o buhay ng Diyos (cf. Juan 1:4; 3:15,36 [dalawang beses]; 4:14,36; 5:24 [dalawang beses],26 [dalawang beses],29,39,40; 6:27,33,35,40,47,48,51,53,54,63,68; 8:12; 10:10,28;11:25; 12:25,50; 14:6; 17:2,3; 20:31; I Juan 1:1,2; 2:25; 3:14-15; 5:11,12,13,16,20). Hesus tinawag ang Kanyang sarili na "ang buhay" (cf. Juan 14:6).

▣ **"nahayag"** Ang PANDIWA na ito ay ginamit ng dalawang beses sa talatang ito at kapwa mga AORIST PABALINTIYAK NA MGA MAY PAHIWATIG. Ang PABALINTIYAK NA TINIG ay madalas na ginamit sa ahensiya ng Diyos Ama. Ang salitang ito (*phaneroō*) ay nagpapahiwatig ng "dalhin ang liwanag na mayroon na." Ito ang paboritong salita sa Juan (cf. Juan 1:31; 3:21; 9:3; 17:6; I Juan 1:2[dalawang beses]; 2:19; 3:5,8,10; 4:9). The AORIST NA PANAHUNAN ay nagbibigay diin sa pagkakatawang tao (cf. Juan 1:14), na siya naming itinatanggi ng mga bulaang mangangaral.

▣ **"pinatotohanan"** Ito ay tumutukoy sa personal na karanasan ni Juan (i.e., PANGKASALUKUYANG AKTIBONG NA MAY PAHIWATIG). Ang salitang ito ay madalas na ginamit sa patotoo sa korte. Tignan Natatanging Paksa: Mga Patotoo kay Hesus sa Juan 1:8.

▣ **"ibinabalita"** Ito ay tumutukoy sa mapanghahawakang patotoo ni Juan (i.e., PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG) na ipinahayag at itinala sa kanyang mga pangangaral at kasulatan. Ito ang pangunahing PANDIWA ng vv. 1-3. Ito ay inulit ng dalawang beses (v. 2 and v. 3).

▣ **"na kasama ng Ama"** Gaya ng sa v. 1, ito ay pagsasaysay ng pag-iral ni Hesus bago ang paglilikha. Ang pagpaparirala ay gaya ng saJuan 1:1. Ang Diyos ay nagkatawang tao bilang isang lalake (cf. Juan 1:14). Ang makilala si Hesus ay makilala ang Diyos (cf. Juan 14:8-11). Ito ay isang halimbawa ng pataas na dualismo niJuan.

**1:3 "Yaong aming nakita at narinig ay siya rin naming ibinabalita sa inyo"** Ito ang ikalimang PAMANGGIT NA SUGNAY, nagpasimulang muli sa kaisipan ng v. 1 pagkatapos ng panaklong ng v. 2. Ito ay nag uulit sa mga PANDIWA ng kaunawaan na natagpuan sa v. 1.

▣ **"siya rin naming ibinabalita sa inyo"** Ito ang pangunahing PANDIWA ng vv. 1-3. Ito ay isang PANGKASALUKUYAN TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang pagkilala sa Diyos ay naghahangad ng malapit na ugnayan sa Kanyang mga anak!

▣ **"upang kayo naman ay magkaroon ng pakikisama sa amin"** Ito ay isang LAYUNING SUGNAY (*hina*) na may isang PANGKASALUKUYAN TAHAS PASAKALI. Ang inilahad na layunin ng Ebanghelyo ay yaong hindi nakarinig o nakita kay Hesus ay maaring maligtas sa pamamagitan ng mga patotoong Apostol (cf. Juan 17:20;20:29-31). Sa ganito pakikipisan sa

nakakapagpahayag na biyaya ang siyang nagdadala ng “kagalakan,” “kapayapaan,” at “katiyakan”! Ang iglesya ay isang komunidad ng mga mananampalataya, isang katawan ng mga mananampalataya! Ang ebanghelyo ay para sa buong sanglibutan.

## NATATANGING PAKSA: *KOINŌNIA*

Ang salitang “malapit na ugnayan” (*koinōnia*) ay nangangahulugang

1. malapit na pakikisama sa isang persona
   a. kasama ng Anak (cf. I Juan 1:6; I Corinto 1:9)
   b. kasama ng Espiritu (cf. II Corinto 13:14; Filipos 2:1)
   c. kasama ng Ama at ng Anak (cf. I Juan 1:3)
   d. kasama ng ibang tipanang kapatid (cf. I Juan 1:7; Mga Gawa 2:42; Galacia 2:9; Filemon 17)
2. malapit na pakikisama sa mga bagay o mga grupo
   a. sa ebanghelyo (cf. Filipos 1:5; Filemon 6)
   b. sa dugo ni Kristo (cf. I Corinto 10:16)
   c. hindi sa kadiliman (cf. II Corinto 6:14)
   d. sa pagdurusa (cf. Filipos 3:10; 4:14; I Pedro 4:13)
3. ang regalo o tulong sa mapagbigay na kaugalian (cf. Roma 12:13; 15:26; II Corinto 8:4; 9:13; Filipos 4:15; Hebreo 13:16)
4. Ang regalo ng Diyos ng biyaya sa pamamagitan ni Kristo, na siyang nagpanumbalik sa sangakatuhan sa malapit na ugnayan sa Kanya at sa kanyang mga kapatid.

Ito ay nagsasaysay ng pahalang na ugnayan (tao sa tao) na dinala sa pamamagitan ng pataas na ugnayan (tao sa Manlilikha). Ito rin ay nagbibigay diin sa pangangailangan para sa kagalakan ng Kristyanong komunidad. Ang PANDIWA PANAHUNAN ay nagbibigay diin sa simula at pagpapatuloy ng karanasang ito sa komunidad (cf. 1:3 [dalawang beses], 6, 7). Ang Kristyanismo ay pang samahan!

## NATATANGING PAKSA: ANG KRISTYANISMO AY PANGSAMAHAN

A. Ang talinghagang pangmaramihan nina Pablo at Pedro
   1. katawan
   2. bukid
   3. gusali
B. Ang salitang “banal” ay laging PANGMARIHAN (maliban sa Filipos 4:21, ngunit maging dito ito ay pangsamahan)
C. Ang pagbibigay diin ng Repormasyon sa “ pagkakasaserdote ng mananampalataya” ayon kay Martin Luther ay hindi tunay na biblikal. Ang pagkakasaserdote ng mga mananampalataya(cf. Exodo 19:6; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6).
D. Ang bawat mananampalataya ay binigyan ng regalo para panlahatang kabutihan (cf. I Corinto 12:7)
E. Tanging sa isang samahan ang tao ng Diyos ay magiging epektibo. Ang ministeryo ay pangsamahan (cf. Efeso 4:11-12).

▣ **“pakikisama sa Ama. . at sa kaniyang Anak na si Hesuskristo”** Ang mga pariralang ito ay gramatikong kahanay sa PANG-UKOL at TIYAK NA ARTIKULO. Ang palaugnayan ay naninindigan sa pagkakapantay at pagkaDiyos ni Hesus (cf. Juan 5:18; 10:33; 19:7). Isang immaaari na magkaroon ng Ama (Kataas-taasang Diyos) na wala ang Anak (Nagkatawang Tao na Diyos) na siyang ipinapahiwatig ng mga bulaang guro (cf. I Juan 2:23; 5:10-12).

Ang pakikisamang ito sa Ama at sa Anak ay napakakatulad sa talataan na “paninirahan” sipi ng Juan 14:23.

**1:4 “At ang mga bagay na ito ay aming isinusulat”** Ito ay marahil na tumutukoy sa buong aklat o partikular sa vv. 1-3. Ang katulad na kalabuang ito ay makikita sa 2:1. Ang may akda ay nagsasaad ng isa sa kanyang mga layunin dito (cf. 2:1).

▣ **“upang ang ating kagalakan ay malubos”** Ito ay isang PERIPHRASTIC GANAP NA PABALINTIYAK NA PASAKALI (cf. Juan 15:11; 16:20,22,24;17:13; II Juan 12; III Juan 4). Ang kagalakan ng mga mananampalataya ay nagawang buo sa pamamagitan ng malapit na ugnayan sa Ama, Anak, sa Espiritu. Ito ay isang mahalagang elemento sa kabila ng pagputol nito ng mga bulaang guro.. Ang inilahad na layunin ni Juan sa pagsulat ng aklat na ito ay mga

1. malapit na ugnayan sa Diyos at ng Kanyang mga anak
2. kagalakan
3. katiyakan

4. sa negatibong banda, ang kanyang layunin ay ihanda ang mananampalataya laban sa maling teolohiya ng mga Nostik na mga guro.

Mayroon isang Griyegong baryante sa talatang ito sa pagitan ng

1. "ating kagalakan," MSS א, B, L; NASB, NRSV, NJB, REB, NIV
2. "inyong kagalakan," MSS A, C; NKJV

Ang UBS[4] ay mas pinili ang #1. Ang "ating" ba ay tumutukoy sa mga pang-Apostol na mga saksi o sa mga mananampalataya? Dahil sa teolohikong pagsusog ng I Juan patungo sa Kristyanong katiyakan, aking ipinapalagay na ito ay itinutuon sa lahat ng mga mananampalataya.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 1:5-2:2

**5At ito ang pasabing aming narinig sa kaniya at sa inyo'y aming ibinabalita, na ang Diyos ay ilaw, at sa kaniya'y walang anomang kadiliman. 6Kung sinasabi nating tayo'y may pakikisama sa kaniya at nagsisilakad tayo sa kadiliman, ay nangagbubulaan tayo, at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan: 7Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa liwanag, na gaya niyang nasa liwanag, ay may pakikisama tayo sa isa't isa, at nalilinis tayo ng dugo ni Hesus na kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan. 8Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin. 9Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan. 10Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang kaniyang salita ay wala sa atin. 2:1Mumunti kong mga anak, ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala. At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Hesukristo ang matuwid: 2At siya ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan; at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng sa buong sanglibutan din naman.**

**1:5 "pasabing aming narinig"** Ang PANGHALIP na "kami" ay tumutukoy kay Juan at sa ibang mga saksi tagapakinig at mga tagasunod ni Hesus sa panahon ng kanyang buhay sa sanglibutan. Si Juan ay tuwirang nagsasalita sa kanyang mga tagapagbasa ("kayo") sa 2:1, ay marahil tumutukoy sa mga iglesya sa Asya Minor.

Ang PANDIWA "narinigd" ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay nagpapakita ng malinaw na paulit ulit na salita na may ugnayan sa pisikal na pandama 1:1-4. Sa isang pakahulugan ito ay paninindigan ni Juan na Apostol sa kanyang personal presensya sa bawat sesyon ng pagtuturo ni Hesus. Si Juan ay nagpapasa ng mga kapahayagan ni Hesus, hindi sa kanyang sarili! Napakamaaari rin na ang naiibang "Ako Ang" na mga pananalita ng Ebanghelyo ay mga alaala ni Juan ng kanyang karanasan sa mga pribadong pagtuturo ni Hesus.

▣ **"sa kaniya"** "Mula sa Kanya" ito ang tanging PANGHALIP sa buong bahagi ng 1:5-2:2 na tumutukoy kay Hesus. Si Hesus ay dumating upang ipahayag ang Ama (cf. Juan 1:18). Sa teolohikong pananalita, si Hesus ay dumating para sa tatlong mga layunin.

1. upang ipahayag ang Ama (cf. 1:5)
2. upang bigyan ang mga mananampalataya ng halimbawa na susundin (cf. 1:7)
3. upang mamatay para sa makasalanang sanglibutan (cf. 1:7; 2:2)

▣ **"ang Diyos ay Ilaw"** Walang itong PANTUKOY. Ito ay pagdidiin sa kapahayagan at etikal na mga aspeto ng mga kalikasan ng Diyos (cf. Awit 27:1; Isaias 60:20; Micah 7:8; I Timoteo 6:16; Santiago 1:17). Ang bulaang guro ng Nostisismo ay nagsasay na ang liwanag ay tumutukoy sa karunungan, ngunit si Juan ay nagsasabi na ito ay tumutukoy rin sa etikal na kalinisan. "Liwanag" at "kadiliman" ay mga kraniwang mga salita (ang etikal na dualismo na gumagamit ng mga salitang ito ay matatagpuan din sa Dead Sea Scrolls at sinaunang Nostisismo). Ito ay may kinalaman sa dualismo sa pagitan ng mabuti at masama (i.e., Juan 1:5; 8:12; 12:46) at maaaring ang dualismong Nostic ng espiritu laban sa bagay. Ito ay isa sa simple ngunit malalim na teolohikong na paglalahad ni Juan patungkol sa pagkadiyos. Ang ilan ay mga (1) "Ang Diyos ay pag-ibig" (cf. 4:8,16) at (2) "Ang Diyos ay espiritu" (cf. Juan 4:24). Ang pamilya ng Diyos, gaya ni Hesus (cf. Juan 8:12; 9:5), ay dapat nagpapakita ng Kanyang katangian (cf. Mateo 5:14). Ang binago at nagbabagong buhay na ito ng pag-ibig, pagpapatawad, at kalinisan ay isa sa katunayan ng tunay na pagbabagong-loob.

▣ **"at sa kaniya'y walang anomang kadiliman"** Ito ay isang DALAWAHANG SALUNGAT para sa pagbibigay diin. Ito ay isang pagpapahayag ng hindi nagbabagong banal na katangian ng Diyos(cf. I Timoteo 6:16; Santiago 1:17; Awit 102:27; Malakias 3:6).

**1:6 "Kung sinasabi nating"** Ito ang una sa ilang IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na tumutukoy sa mga pag-aangkin ng mga bulaang guro (cf.1:8,10; 2:4,6,9). Ang mga paglalahad na ito ang tanging daan upang makilala ang salaysay ng mga bulaang guro. Sila ay lumabas na mga sinaunang (bagung-bago pa) mga Nostiks.

Ang pamamaraang panitikan sa isang pakunwaring tagatutol ay tinatawag na panunuligsa o talumpating panunuligsa. Ito ay isang paraan ng paglalahad ng katotohanan sa tanong/sagot na ayos. Ito ay malinaw na nakikita sa Malakias (cf. 1:2,6,7,12; 2:14,17; 3:7,14) at sa Romans (cf. 2:3,17,21-23; 3:1,3,7-8,9,31; 4:1; 6:1; 7:7).

■ **"tayo'y may pakikisama sa Kaniya"** Ang mga erehe ay nag-aangkin na ang malapit na ugnayan ay nakabatay sa karunungan lamang. Ito ay isang aspeto ng Griyegong pilosopiya mula kay Plato. Gayunpaman, si Juan ay naninindigan na ang mga Kristyano ay dapat na mamuhay ng kawangis ni Kristong buhay (cf. v. 7; Levitico 19:2; 20:7; Mateo 5:48).

■ **"at nagsisilakad tayo sa kadiliman"** "Lumakad" ay isang PANGKASALUKUYAN TAHAS PASAKALI. Ito ay biblikal na talinghaga na nagpapahayag ng mabuting pamumuhay (cf. Efeso 4:1,17; 5:2,15). Ang Diyos ay liwanag na walang kadiliman. Ang Kanyang mga anak ay dapat na maging kagaya Niya (cf. Mateo 5:48).

■ **"ay nangagbubulaan tayo, at hindi tayo nagsisigawa ng katotohanan"** Ang mga ito ay kapwa PANGKASALUKUYAN PAMANAHONG PANDIWA. Si Juan ay tinatawag ang ilang mga tipo ng mga relihiyosong tao na mga sinungaling (cf. 1:10; 2:4,22; 4:20; Isaias 29:13). Ang mga aksyong mga pamumuhay ay tunay na nagpapakita ng laman ng puso (cf. Mateo 7). Tignan Natatanging Paksa: Katotohanan sa mga Kasulatan ni Juan sa Juan 6:55.

**1:7 "Nguni't kung tayo'y nagsisilakad sa Liwanag"** Ito ay isa na namang PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN na nagbibigay diin sa nagpapatuloy na pagkilos. "Lumakad" ay isang NT na talinghaga para sa Kristyanong buhay (i.e., Efeso 4:1,17; 5:2,15).

Pansinin kung gaano kadalas "lumakad" at ang PANGKASALUKUYAN PAMANAHONG PANDIWA ay inuugnay sa buhay Kristyano. Ang katotohanan ay isang bagay na dapat nating isapamuhay, hindi lamang isang bagay na ating nalalaman! Ang katotohanan ay ang susi sa kaisipan ni Juan. Tignan ang mga Natatanging Paksa sa Juan 6:55 at 17:3.

■ **"na gaya Niyang nasa Liwanag"** Ang mga mananampalataya ay dapat na mag-isip at mamuhay ng gaya ng Diyos (cf. Mateo 5:48). Dapat tayong nagpapakita ng Kanyang katangian sa naliligaw na sanglibutan. Ang kaligatasan ay pagpapanumbalik ng imahe ng Diyos sa sangkatauhan (i.e., Genesis 1:26,27), na nasira sa pagbagsak sa Genesis 3.

■ **"ay may pakikisama tayo sa isa't isa"** Ang salitang "malapit na ugnayan" ay Griyego salita *koinōnia*, na ang ibig sabihin a magkakabit na partisipasyon sa pagitan ng dalawang mga persona (tignan sa Natatanging Paksa sa 1:3). Ang Kristyanismo ay batay sa pagsasalo salo ng mga mananampalataya sa buhay ni Hesus. Kung ating tatanggapin ang Kanyang buhay sa pagpapatawad, dapat nating tanggapin ang Kanyang ministeryo ng pag-ibig (cf. I Juan 3:16). Ang pagkilala sa Diyos ay hindi mahirap maunawaang katotohanan, ngunit nagpapasimula ng malapit na ugnayan at makadiyos na pamumuhay. Ang tunguhin ng Kristyanismo ay hindi lamang langit kung tayo ay mamamatay, ngunit pagiging wangis ni Kristo ngayon. Ang mga ereheng Nostik ay may pagkahilig patungo sa eksklusibismo. Gayunpaman, kung ang isa ay tamang nakaugnay sa Diyos, siya ay tamang makikisalamuha sa kanyang kapwa Kristyano. Ang kakulangan ng pag-ibig sa ibang mga Kristyano ay isang nakasisilaw na tanda ng isang suliranin sa ating ugnayan sa Diyos (cf. 4:20-21 at sa Mateo 5:7;6:14-15; 18:21-35)

■ **"ang dugo ni Hesus"** Ito ay tumutukoy sa sakripisyong kamatayan ni Kristo (cf. Isaias 52:13-53:12; Marcos 10:45; II Corinto 5:21). Ito ay napakahawig sa 2:2, "ang pagbabayad-puring sakripisyo (pagsusuyo) para sa ating mga kasalanan." Ito ang isinusuog ni Juan na Tagabautismo sa "Narito, ang Kordero ng Diyos, na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan!" (cf. Juan 1:29). Ang inosenteng kamatayan para sa mga maysala!

Ang sinaunang mga Nostik ay pinapabulaanan ang totoong pagiging tao ni Hesus. Ang paggamit ni Juan "dugo" ay nagpapalakas sa totoong pagkatao ni Hesus. Mayroong nagkakaibang manuskripto na may kinalaman sa pangalang.

1. Hesus – NASB, NRSV, NJB, REB, NET
2. Kristo – MSS א, B, C
3. Hesus Kristo – NKJV

Ito ang isa sa halimbawa na ginamit ni Bart D. Ehrman, *The Orthodox Corruption of Scripture*, p. 153, upang ipakita ang kung paano sinubukan ng mga sinaunang mga eskriba na gawin ang teksto na mas partikular upang pabulaanan ang kasalukuyang mga erehe. Ang Opsyon #3 ay ang pagtatangka na pagtagpuin ang mga pagkakaiba ng MSS.

■ **"nililinis sa lahat ng kasalanan "** Ito ay PANGKASALUKUYAN TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang salitang "kasalanan" ay PANG-ISAHAN na walang PANTUKOY. Ito ay nagpapahiwatig ng lahat ng uri ng kasalanan. Pansinin na ang talatang ay hindi tumutuon sa isang beses na paglilinis (kaligtasan, v. 7), ngunit nagpapatuloy na paglilinis (ang Kristyanong buhay, v. 9). Pareho ay bahagi ng karanasan Kristyano (cf. Juan 13:10).

**1:8 "Kung sinasabi nating tayo'y walang kasalanan"** Ito ay isa na namang IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Ang kasalanan ay espiritwal na realidad sa isang makasalanang sanglibutan, maging sa mga mananampalataya (cf. Roma 7). Ang Ebanghelyo ni Juan ay tumutugon sa isyung ito ng madalas (cf. 9:41; 15:22,24; 19:11). Ang talatang ito ay nagtatakwil sa lahat ng sinauna at modernong pag-aangkin na nagtatanggi ng indibidwal na responsibilidad.

■ **"ay ating dinadaya ang ating sarili"** Ang Griyegong pariralang ito aay tumutukoy sa personal, tahasang pagtanggi sa katotohanan, hindi kamangmangan.

▣ **"ang katotohanan ay wala sa atin"** Ang daan sa pagtanggap ng Banal na Diyos ay hindi pagtanggi, ngunit ang pagkilala sa ating mga kasalanan at pagtanggap ng Kanyang pagbibigay kay Kristo (cf. Roma 3:21-31). "Ang katotohanan" ay maaring itukoy sa mensahe patungkol kay Hesus o sa persona ni Hesus (cf. Juan 14:6). Tignan mga Natatanging Paksa sa Juan 6:55 at 17:3.

**1:8,9 "Kung"** Ang mga ito ay kapwa IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na ibig sabihin ay maaaring pagkilos.

**1:9 "ipinahahayag"** Ito ay tamabalang Griyegong salita mula sa "magsalita" at "ang katulad." Ang mga mananampalataya ay patuloy na sumasangayon sa Diyos na sila ay lumabag sa Kanyang kabanalan (cf. Roma 3:23). Ito ay PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN, na nagapahiwatig na nagpapatuloy na pagkilos. Ang pagtanggap ng kasalanan ay nagpapahiwatig ng

1. isang partikular na pagpapangalan ng mga kasalanan (v. 9)
2. isang pampublikong pa gamin ng mga kasalanan (cf. Mateo 10:32; Santiago 5:16)
3. isang paglayo mula sa partikular na mga kasalanan (cf. Mateo 3:6; Marcos 1:5; Mga Gawa 19:18; Santiago 5:16)

Ang I Juan gumagamit ng salitang ito ng may kadalasan (cf. 1:9; 4:2,3,15; II Juan 7). Ang kamatayan ni Hesus ay siyang daan para sa kapatawaran, ngunit ang makasalanang sangkatauhan ay dapat na tumugon at magpatuloy sa pananampalataya para maligtas (cf. Juan 1:12; 3:16). Tignan Natatanging Paksa: Pagpapahayag ng Kasalanan sa Juan 9:22-23.

▣ **"ating mga kasalanan"** Pansinin ang PANGMARAMIHAN. Ito ay tumutukoy sa partikular na mga gawang kasalanan.

▣ **"tapat Siya"** Ito ay tumutukoy sa Diyos Ama (cf. Deuteronomio 7:9; 32:4; Awit 36:5; 40:10; 89:1,2,5,8; 92:2; 119:90; Isaias 49:7; Roma 3:3; I Corinto 1:9; 10:13; II Corinto 1:18; I Thesalonica 5:24; II Timoteo 2:13). Ang hindi nagbabago, maawain, tapat na katangian ng Diyos Ama ang ating tiyak na pag-asa! Ang pariralang ito ay nagpapatibay pa sa katapatan ng Diyos sa Kanyang Salita (cf. Hebreo 10:23;11:11). Ito rin ay maaring tumutukoy sa Bagong Tipanang pangako ng Diyos na ginawa sa Jeremias 31:34, na nangako ng kapatawaran sa mga kasalanan.

▣ **"banal Siya"** Ang salitang ito ay hindi karaniwan sa kaugnay na kahulugang may kinalaman sa malayang pagpapatwad ng banal na Diyos sa makasalanang mga tao. Gayunpaman, ito ay wastong teolohiya sapagkat dinadala ng seryoso Diyos ang ating mga kasalanan, ngunit Siya ay nagbigay ng kaparaanan para sa kapatawaran sa pamamagitan ng humahaliling kamatayan ni Kristo (cf. Roma 3:21-31). Tignan Natatanging Paksa sa 2:29.

▣ **"patatawarin . . .lilinisin"** Ito ay kapwa AORIST TAHAS PASAKALI. Ang dalawang mga salitang ito ay magkasingkahulugan sa kaugnay na kahulugang ito; sila ay kapwa tumutukoy sa kaligtasan ng mga naligaw at sa nagpapatuloy na paglilinis na kailangan para sa malapit na ugnayan sa Diyos (cf. Isaias 1:18; 38:17; 43:25;44:22; Awit 103:3,11-13; Mikas 7:19). Ang mga bulaang guro na tumatanggi sa ebanghelyo, ay nangangailangan ng kaligtasan. Ang mga mananampalataya na nagpapatuloy na gumawa ng mga kasalanan ay nangangailangan ng pagpapanumbalik sa malapit na ugnayan. Si Juan parang nagpapahayag sa unang grupo na may pagpapahiwatig at sa ikalawa ng hayagan.

**1:10 "Kung sinasabi nating"** Tignan puna sa 1:6.

▣ **"tayo'y hindi nangagkasala"** Ito ay GANAP TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagpapahiwatig na ang isa ay kailanman ay hindi nagkasala sa nakalipas o maging sa kasalukuyan. Ang salitang "nagkasala" ay PANG-ISAHAN ay tumutukoy sa kasalanan sa pangkalahatan. Ang Griyego salita ay nangangahulugan "di naabot ang marka." Ibig sabihin nito ay ang kasalanan ay kapwa nagawa at di-nagawang mga bagay na ipinahayag ayon sa Salita ng Diyos. Ang mgabulaang guro ay nag-aangkin ng kaligtasan na may kinalaman lamang sa karunungan, hindi sa buhay.

▣ **"ay ating ginagawang sinungaling Siya"** Ang ebanghelyo ay nakabatay sa pagiging makasalanan ng lahat ng mga tao (cf. Roma 3:9-18,23; 5:1; 11:32). Alinman ang Diyos (cf. Roma 3:4) o yaong nag-aangking walang kasalanan, ang nagsisinungaling.

▣ **"ang Kaniyang salita ay wala sa atin."** Ito ay nagsasangkot ng dalawang aspeto ng mga salita "*logos*," magkatulad bilang isang mensahe at persona (cf. 1:1,8; Juan 14:6). Si Juan ay madalas na tumutukoy sa "katotohanang" ito

**2:1 "Mumunti kong mga anak"** Si Juan ay gumagamit ng dalawang magkaibang maliit na mga salita para "mga anak" sa I Juan.

1. *teknion* (cf. 2:1,12,28; 3:7,18; 4:4; 5:21; Juan13:33)
2. *paidion* (cf. 2:14,18)

Sila ay mga magkasingkahulugan na walang intensiong teolohikong na mga pagkakaiba. Ang mga mapagmahal na mga salitang ito ay marahil nagmula sa matandang edad ni Juan sa panahon ng pagsulat.
Si Hesus ay gumamit ng salita "mga anak" upang tukuyin ang mga alagad sa Juan 13:33.

▣ **"ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala"** Ito ay isang AORIST TAHAS PASAKALI. S i Juan ay gumagawa tiyak na pagkakaiba sa pagitan ng PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN, isang nagpapatuloy na paulit ulit na pamumuhay sa kasalanan (cf. 3:6,9) at indibidwal na mga gawa ng kasalanan na nagawa ng isang nakikipaglaban at natutuksong Kristyano. Siya ay nagsusubok na magdala ng balanse sa pagitan ng dalawang sukdulan

1. lubhang magaang pagdadala ng kasalanan (cf. Roma 6:1; I Juan 1:8-10; 3:6-9; 5:16)
2. Ang pagiging magaspang at marupok ng isang Kristyano sa kanyang mga personal na kasalanan

Ang dalawang mga sukdulan na ito ay marahil nagpapakita ng dalawang magkakaibang kaalaman ng mga katuruan ng Nostik. Ang isang grupo ay naramdamang ang kaligtasan ay patungkol sa intelektwal na bagay; hindi mahalaga kung paano siya namumuhay sapagkat ang katawan ay makasalanan. Ang iba naming grupo ng mg Nostik ay naniniwala rin na ang katawan ay makasalanan at, samakatwid ay dapat limitahan ang mga pagnanasa nito.

▣ **"At kung ang sinoman ay magkasala"** Ito ay IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagsasalita ng maaaring pagkilos. Maging ang mga Kristyano ay nagkakasala (cf. Roma 7).

▣ **"ay may Tagapamagitan tayo sa Ama"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN TAHAS NA MAY PAHIWATIG na tumutukoy sa nagpapatuloy na pamamagitan ni Hesus bilang ating makalangit na Tagapamagitan (*paraklētos*). Ito ay legal na salita para sa depensang abogado o "ang tinawawag upang kasamang makatulong" (mula *para*, katabi at *kaleō* tumawag). Ito ay ginamit sa usapan sa itaas na silid sa Ebanghelyo ni Juan, para sa Banal na Espiritu, an gating makalupa, nanahan na tagapamagitan (cf. Juan 14:16,26; 15:26; 16:7). Gayunpaman, ito ang tanging gamit ng salita para kay Hesus (bagamat ito ay ipinahiwatig sa Juan 14:16; Roma 8:34; Hebreo 4:14-16; 7:25; 9:24). Si Pablo ay ginamit ang katulad na konseptong ito para sa intersasoryang trabaho ni Kristo sa Roma 8:34. Sa katulad na siping ito siya ay nagsasalita ng pamamagitan ng Banal na Espiritu sa Roma 8:26. Mayroon tayong Tagapamagitan sa langit(Hesus) at Tagapamagitan sa atin (ang Espiritu), kapwa ipinadala ng mapagmahal na Ama bilang kahalili Niya.

▣ **" si Hesuskristo ang matuwid"** Ang pagtatanging ito ay ginamit ng Diyos Ama sa 1:9. Ang mga Bagong Tipan na mga mayakda ay gumamit ng ilang mga literaturang deskarte upang panindigan ang pagka-Diyos ni Hesus.

1. gumamit ng mga titulong ginamit ng Diyos para kay Hesus
2. nanindigan sa mga pagkilos ng Diyos na ginawa ni Hesus
3. gumamit ng gramatikong kahanay na mga parirala na nagtutukoy sa katulad (MGA LAYON ng mga PANDIWA o MGA PANG-UKOL)

Ito ay nagsasalita sa walang kasalanan (kabanalan, kawangis ng Diyos) ni Kristo (cf. 3:5; II Corinto 5:21; Hebreo 2:18; 4:15; 7:26; I Pedro 2:22). Siya ang paraan ng Ama sa pagdadala ng " katuwiran" sa mga tao.

**2:2**
**NASB, NKJV "At siya ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan"**
**NRSV " siya ang pangpalubag-loob na sakripisyo sa ating mga kasalanan"**
**TEV "si Kristo mismo ang paraan sa kapatawaran n gating mga kasalanan"**
**NJB, RSV "Siya ang sakripisyo para maalis ang ating mga kasalanan"**

Ang salitang *hilasmos* ay ginamit sa Septuagint para sa takip ng Arko ng Tipanan na tinawag na luklukan ng awa o lugar ng pagbabayad puri na sakripisyo. Si Hesus ay inilagay ang Kanyang sarili sa ating maysalang lugar sa harap ng Diyos (cf. 4:10; Roma 3:25).

Sa Greco-Roman na sanglibutan ang salitang ito ay nagdadala ng kaisipan ng pagpapanumbalik ng malapit na ugnayan sa isang nalayong diyos sa pamamagitan ng presyo na binayaran, ngunit ang salita ay hindi ganito ang pakahulugan sa Septuagint (tandaan na ang mga NT may-akda [maliban kay Lucas] ay mga Hebreo na mang-iisip, na sumusulat sa Koineng Griyego). Ito ay ginamit sa Septuagint at sa Hebreo 9:5 na isalin "luklukan ng awa," na takip sa Arko ng Tipanan na nakalagay sa Banal ng mga Banal, ang lugar na kung saan ang atonement ay binili bilang kinatawan ng bansa sa Araw ng Pagbabayad puring sakripisyo (cf. Levitico 16).

Ang salita ay dapat na talakayin sa kaparaanang na hindi nababawasan ang paghihimutok ng Diyos sa kasalanan, ngunit naninindigan sa Kanyang positibong saloobing pagtutubos sa mga makasalanan. Isang magandang talakayan ay matatagpuan sa aklat ni Santiago Stewart *A Man in Christ*, pp. 214-224. Isang paraan upang makamit ito ay ang isalan ang salita upang maipakita ang gawa ng Diyos kay Kristo: "isang pagpapalubag-loob na sakripisyo" o "na kasamang pagpapalubag-loob na kapangyarihan."

Ang modernong Ingles na mga salin ay nagkakaiba sa kung paano uunawain ang sakripisyal na salita. Ang salitang "pagpapalubag-loob" ay nagpapahiwatig na si Hesus ay naalis ang galit ng Diyos (cf. Roma 1:18; 5:9; Efeso 5:6; Colosas 3:6). Ang kabanalan ng Diyos ay nasagi sa pamamagitan ng kasalanan ng sangkatauhan. Ito ay inayos sa loob ng ministeryo ni Hesus (cf. Roma 3:25; II Corinto 5:21; Hebreo 2:17).

Ang ilang mga iskolar (i.e., C. H. Dodd) nadama na ang paganong (Griyego) kaisipan (pagpapahinahon sag alit ng isang diyos) ay hindi dapat ilapat kay YHWH, samakatwid, mas pinili nila "pag-aalis" na kung saan ang ministeryo ni Hesus ang

nag-ayos sa kasalanan ng sangkatauhan. (cf. Juan 1:29; 3:16) sa Diyos at hindi ang galit ng Diyos sa kasalanan. Gayunpaman, totoong biblikal ang dalawa.

▣ **"at hindi lamang sa ating mga kasalanan, kundi ng sa buong sanglibutan din naman"** Ito ay tumutukoy sa maaaring walang limitasyong pagbabayad puring sakripisyo (cf. 4:14; Juan 1:29; 3:16,17; 12:47; Roma 5:18; I Timoteo 4:10; Tito 2:11; Hebreo 2:9; 7:25). Si Hesus ay namatay para sa kasalanan at mga kasalanan ng buong sanglibutan (cf. Genesis 3:15). Ang tanging bagay na naghahandalang upang ang buong sanglibutan ay maligtas ay hindi kasalanan, ngunit kawalan ng pananampalatay. Gayunpaman, ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, pagsunod, at pagsusumigasig!

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Bakit gumamit si Juan ng napakaraming mga PANDIWA na nagsasangkot ng limang mga pandama?
2. Ilata ang mga sakripisyal na mga salita na matatagpuan sa vv. 7 at 9.
3. Ipaliwanag ang mga paniniwala ng mga erehe na kinakalaban ni Juan.
4. Paano nauugnay ang v. 9 sa kapwa sa Nostiko at mga mananampalataya?
5. Ilarawan at bigyan kahulugan ang "pagpapahayag ng kasalanan."

# I JUAN 2:3-27

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Kristo ang Ating Tagatataguyod | Ang Basehan ng Ating Pakikisama sa Kanya (1:5-2:2) | Pagsunod | Kristo ang Ating Lingkod | Ang Lumakad sa Liwanag (1:5-2:28) |
| | | | | Unang Kondisyon: Ang Humiwalay sa Kasalanan (1:8-2:3) |
| 2:1-6 | Ang Pagsubok sa Pagkilala sa Kanya | 2:1-2 | 2:1-2 | Ikalawang Kondisyon: Ang Pagsunod sa mga Kautusan Lalo na ang sa Pag-ibig |
| | 2:3-11 | 2:3-6 | 2:3-6 | 2:3-11 |
| Ang Bagong Kautusan | | Pag-ibig sa Bawat Isa | Ang Bagong Utos | |
| 2:7-14 | | 2:7-11 | 2:7-8 | |
| | Ang Kanilang Espiritwal na Kalagayan | Tunay na Ugnayan sa Diyos kay Kristo | 2:9-11 | Ikatlong Kondisyon: Hiwalay mula sa Salita |
| | 2:12-14 | 2:12-14 | 2:12-13 | 2:12-17 |
| | Huwag Ibigin ang Mundo | Tunay na Pagpapahalaga sa Mundo | 2:14 | |
| 2:15-17 | 2:15-17 | 2:15-17 | 2:15-17 | |
| Ang AntiKristo | Panlilinglang sa mga Huling Oras | Katapatan sa Tunay na Pananampalataya | Ang Kaaway ni Kristo | Ikaapat na Kondisyon: Ang Maging Handa Laban sa mga AntiKristo |
| 2:18-25 | 2:18-23 | 2:18-25 | 2:18-19 | 2:18-28 |
| | | | 2:20-21 | |
| | Hayaang ang Katotohanan ay Manatili sa Inyo | | 2:22-23 | |
| | 2:24-27 | | 2:24-25 | |
| 2:26-27 | | 2:26-27 | 2:26-27 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 2:3-27

A. Napakahirap na ibalangkas ang I Juan dahil sa paulit-ulit na paksa nito. Gayunpaman, karamihan sa mga tagapagsuri ay sumasangayon na ang kabanata 2 ay ipinagpatuloy ang mga paksa ng kabanata 1, na siyang mga katangian ng pakikisama sa Diyos, kapwa positibo at negatibo.

B. Mayroong istrukturang pagkakahanay sa pagitan ng mga kabanata 1 at 2. Ang Juan ay nagbibigay ng mensahe na kasalungat sa mga bulaang pagsasaysay ng mga Nostik.

| Kabanata 1 | Kabanata 2 |
|---|---|
| 1. kung ating sasabihin. . . (vv. 6-7) | 1. Ang siyang nagsasalita. . . (vv. 4-5) |
| 2. kung ating sasabihin. . . (vv. 8-9) | 2. Ang siyang nagsasalita. . . (v. 6) |
| 3. kung ating sasabihin. . . (v. 10) | 3. Ang siyang nagsasalita. . . (vv. 8-11) |

C. A ng kaugnay na kahulugang ito nagtatala ng ilang mga pagsubok o katibayan na siyang nagpapahayag sa tunay na mananampalataya (2:3-25)
   1. Kagustuhang ipahayag ang kasalanan (nagpapasimula at nagpapatuloy) (1:8)
   2. Pamumuhay ng pagsunod (2:3-6)
   3. Pamumuhay ng pag-ibig (2:7-11)
   4. Katagumpayan laban sa masama (2:12-14)
   5. Pagtalikod sa sanglibutan (2:15-17)
   6. Pagsusumigasig (2:19)
   7. Tamang doktrina (2:20-24; 4:1-3)

D. Natatanging mga Teolohikal na Konsepto (sa 2:18-19)
   1. "ang huling oras" (v. 18)
      a. Ang pariralang ito at katulad na mga parirala, gaya ng " huling mga araw," ay tumutukoy sa pamanahon ng mula sa kapanaganakan ni Hesus sa Bethlehem hanggang sa Ikalawang Pagparito. Ang kaharian ay pumarito na, ngunit hindi pa lubusang nagaganap.
      b. Ang mga tao ng Israel sa panahon ng interbiblikal ay nagsimulang naniwala sa dalawang panahon, ang kasalukuyang masamang panahon at ang panahon ng katuwiran na inihatid ng Espiritu, na sa hinaharap pa rin. Ang hindi malinawa na ipinapahayag ng OT ay ang dalawang pagdating ng Mesias, ang una bilang Tagapagligtas at ang ikalawa bilang Tagaganap. Ang dalawang panahon ay nagsanib. Tignan Natatanging Paksa sa 2:17.
      c. Ang metaporikal na ito ay gumamit ng salitang "oras" (*kairos*) bilang isang di-nabanggit na haba ng panahon (cf. Juan 4:21,23;5:25,28; 16:2).
   2. "ang antiKristo" (v. 18)
      Tanging si Juan lamang ang gumagamit ng salita "antiKristo" (cf. 2:18,22; 4:3; II Juan 7). Pansinin sa 2:18 ito ay parehong PANGMARAMIHAN at PANG-ISAHAN (cf. II Juan 7).
      a. Mayroong mga sanggunian sa magkaparehong pangwakas na panahong persona sa ibang mga biblikal na mga manunulat.
         1) Daniel – "Ikaapat na Halimaw" (cf. 7:7-8,23-26; 9:24-27
         2) Hesus – "Pagkasuklam ng Kapanglawan" (cf. Marcos 13; Mateo 24
         3) Juan – "Ang Halimaw ay lumabas sa dagat" (cf. Pahayag 13)
         4) Pablo – "Lalake ng Kasalanan" (cf. II Thesalonica 2)
      b. Si Juan ay gumawa rin ng pagkakaiba sa pagitan ng ekastolohikal na persona at ang pabalik balik na espiritu o saloobin ay laging mayroon sa sanglibutan (cf. 2:18; 4:3; II Juan 7; Marcos 13:6,22; Mateo 24:5,24).
      c. Ang PANG-UKOL *anti* sa Griyego ay nangangahulugang (1) laban o (2) sa halip na. Ito ay kasing halaga ng sa paggamit ng kapwa PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN sa v. 18. Ang kasaysayan ay puno ng yaong kumakalaban sa Diyos at sa Kanyang Kristo
         1) Antiochus IV Epiphanes (munting sungay ng Daniel 8; 11:36-45)
         2) Nero at Domitian (nag angkin ng pagkadiyos ngunit hindi bilang mesyas)
         3) Ateistang Komunismo
         4) Sekular na Humanismo

         Ngunit ito rin ay tinapatan ng yaong hindi laban kay Kristo, ngunit nag-aangkin na sila ang Kristo (gamiting ang #2).
         1) ang mga bulaang guro ng Marcos 13:6,22 and Mateo 24:5,24
         2) modernong pinuno ng mga kulto
         3) ang AntiKristo (Daniel 7:8, 23-26; 9:24-27; II Thesalonica 2:3; at Pahayag 13)
      d. Ang mga Kristyano sa bawat panahon ay makakaranas ng parehong bulaang guro na itinatanggi si Kristo

at bulaang Mesias na umaangkin na sila si Kristo. Gayunpaman, isang araw, ang huling araw, isang pagkakatawang tao ng kasamaan (i.e., ang AntiKristo) ang gagawa ng pareho!

3. "Manatili sa Inyo" (vv. 19,24,27,28)
   a. Karamihan ng mga modernong ebanghelikal ay nagbigay diin sa pangangailangan ng personal na paunang desisyon na magtiwala/manampalataya/maniwala kay Kristo, at ito ay tunay na totoo. Gayunpaman, ang pinupunto ng Bibliya ay <u>hindi</u> sa desisyon, kundi sa pagdidisipulo (cf. Mateo 28:19-20).
   b. Ang doktrina ng Seguridad ng Mananampalataya ay dapat may hindi nahihiwalay na kaugnayan sa doktrina ng Pagsusumigasig o Pagtitiis. Tignan Natatanging Paksa: Ang Pangangailangan ng Pagsusumigasig o Pagtitiis sa Juan 8:31. Ito ay hindi isang alinman/o na opsyon, ngunit isang pareho/at biblikal na realidad. Sa realidad ang "pananatili" ay biblikal na babala (cf. Juan 15)!
   c. Ibang mga sipi sa pananatili ay ang mga Mateo 10:22; 13:1-9,18-23; Marcos 13:13; Juan 8:31; 15:1-27; I Corinto 15:2; Galacia 6:1; Pahayag 2:2,7,11,17,26; 3:5,12,21; 21:7. Tignan Natatanging Paksa: "Pananatili" sa 2:10.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 2:3-6

**[3]At sa ganito'y nalalaman natin na siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang kaniyang mga utos. [4]Ang nagsasabing, Nakikilala ko siya, at hindi tumutupad ng kaniyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya; [5]Datapuwa't ang sinomang tumutupad ng kaniyang salita, tunay na sa kaniya ay naging sakdal ang pagibig ng Diyos. Dahil dito'y nalalaman nating tayo'y nasa kaniya: [6]Ang nagsasabing siya'y nananahan sa kaniya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad niya.**

**2:3 "At sa ganito'y nalalaman natin na Siya'y ating nakikilala,"** Sa literal ito ay "alam natin na nakilala natin Siya." Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na sinundan ng GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagbibigay diin na ang mga Kristyano ng natraumang iglesya ay maaaring magkaroon ng buong katiyakan ng kanilang kaligtasan ayon sa malinaw na maling katuruan ng mga Nostik.

Ang salitang "makilala" ay ginamit sa kanyang Hebreong pakahulugan ng personal na pakikipag-ugnayan (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5) at ang Griyegong pakahulugan nito ng mga katotohanan patungkol sa isang bagay o isang tao. Ang ebanghelyo ay parehong persona at kalipunan ng katotohanan. Ang pagdidiin sa pariralang ito ay ang mga

1. maari nating makilala ang Diyos
2. maarin natin malaman kung anu ang nais Niya para sa ating mga buhay
3. maarin nating <u>malaman</u> na may <u>nalalaman</u> tayo! (cf. 5:13)

Isa sa mga katiyakan n gating pakikipagugnayan sa Diyos ay naipapakita n gating mga pagkilos at mga layunin (cf. Mateo 7; Santiago, I Pedro). Ito ay pabalik-balik na paksa ng I Juan (cf. 2:3,5; 3:24; 4:13; 5:2,13).

Ang mga kasulatan ni Juan ay gumamit ng dalawang Griyegong mga salita para sa "makilala" (*ginōskō* at *oida*) madalas (27 na beses sa limang mga kabanata ng I Juan) at magkasingkahulugan. Waring walang malinaw na nakikitang semantikong pagkakaiba sa pagitan ng mga salitang ito sa Koineng Griyego. Ang pagpili ay puno ng paraan. Ito rin ay nakakawili ba si Juan hindi gumamit ng pinatinding salita na *epiginōskō*.

Si Juan ay sumusulat upang palakasin ang loob ng mga mananampalataya at pasinungalingan ang erehe. Ang Ebanghelyo ni Juan at I Juan ay gumamit ng mga salita para sa "makilala" higit sa anumang ibang mga aklat ng NT. Ang I Juan ay isang aklat ng katiyakan na nakabatay sa kaalaman ng ebanghelyo at sa naaangkop na pamumuhay pag-ibig at pagsunod (cf. Ang aklat ng Santiago).

▣ **"kung"** Ito ay IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na ibig sabihin ay maaaring pagkilos.

▣ **"inutupad natin ang Kaniyang mga utos"** Pansinin na ang kondisyonal na bahagi(PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI). Ang bagong tipanan ay walang kalagayan ayon sa pag-aalok ng Diyos ngunit kondisyonal sa panig ng sangkatauhan sa pamamagitan ng pananampalatayang may pagsisisi at pagsunod na pagtugon (cf. 2:3-5; 3:22,24; 5:2,3; Juan 8:51-52; 14:15,21,23; 15:10; Pahayag 2:26; 3:8,10; 12:17; 14:12). Isa sa mga patunay ng tunay pagbabalik-loob ay pagsunod sa Liwanag (kapwa si Hesus at ang ebanghelyo, cf. Lucas 6:46). Maging sa OT ang pagsunod ay mas mainam kaysa sa sakripisyong ritwal (cf. I Samuel 15:22; Jeremias 7:22-23). Ang pagsunod ay hindi nagdadala o nagtitiyak ng kaligtasan, ngunit ito ay nagpapatunay ng kaligtasan. Hindi ito ang basihan (cf. Efeso 2:8-9), ngunit ang bunga (cf. Efeso 2:10).

**2:4 "Ang nagsasabing"** Ito ay isang tekstwal na pantanda para sa panunuligsang ayos ni Juan.

▣ **"Nakikilala ko Siya "** Isa ito sa ilang mga pagsasaad ng mga bulaang mga guro (cf. 1:6,8,10; 2:4,6,9). Ito ay isang panunuligsa ("ang siyang nagsasabi na. . .") kahawig sa Malakias, Roma, at Santiago. Ang mga bulaang guro ay nag-

aangkin na kilala nila ang (GANAP NA PANAHUNAN) Diyos, ngunit sinusubukang ihawalay ang kaligtasan mula sa makadiyos na pamumuhay. Pinaghihiwalay nila ang pag-aaring ganap mula sa pagpapaging banal. Inaangkin nila ang nakalalaman (i.e., lihim) kaalaman sa Diyos, ngunit ang kanilang mga pamumuhay ay nagpapakita ng kanilang tunay na mga layunin.

▣ **"at hindi tumutupad ng kaniyang mga utos"** Ito ang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na nagsasalita sa kinaugaliang pagkilos ng pamumuhay. An gating mga buhay ang nagpapakita ng ating espiritwalna oryentasyon (cf. Mateo 7). Ang talata 4 ay nagpapahayag ng katotohanan sa negatibo, habang ang talata 5 ay nagpapahayag ng katulad na katotohanan sa positibo.

▣ **"ay sinungaling"** Walang bagay na higit na masama kaysa sa pansariling kagustuhang pandaraya! Ang pagsunod ay katibayan ng tunay na pagbabalik loob. Makikilala ninyo sila sa pamamagitan ng kanilang bunga (cf. Mateo 7).

Tinatawag ni Juan ang ilang mga relihiyosong mga tao (mga guro, mga mangangaral) na mga sinungaling (cf. 1:6; 2:4,22; 4:20). Sila ay mga relihiyoso subalit sila ay hindi matuwid sa Diyos!

**2:5 "Datapuwa't ang sinomang tumutupad ng Kaniyang salita"** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI na nagsasalita sa kinaugaliang pagkilos ng pamumuhay. Ang mga may-akda ng UBS' *A Handbook on The Letters of John* (Haas, Jonge, at Swellengrebel) ay nag-aalok ng nakakaaliw na puna sa Griyegong pagkakabuo: "ang pang-ukol na PANGHALIP na may kasamang Griyegong kataga, '*an*' o '*ean*' at ang sumusunod na PANDIWA sa pasakali ay lumabas sa 3:17,22;4:15; 5:15; III Juan 5. Ito ay waring nagpapahayag ng pagkalahatang paglitaw ng mga pangyayari" (p. 40). Ang pagsunod ay mahalagang aspeto sa tipanang pananampalataya. Ito ang sentral na mensahe ng I Juan at Santiago. Hindi masasabi ng isa na kilala niya ang Diyos subalit itinatakwil ang parehong buhay na Salita at ang nakasulat na Salita sa pamamagitan ng makasalanang pamumuhay (cf. 3:6,9)!

▣ **"tunay na sa kaniya ay naging sakdal ang pagibig ng Diyos"** Ito ay isang GANAP NA PABALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG na nagsasalita ng isang natapos na pagkilos (cf. 4:12,17,18). Hindi ito tiyak, sa gramatikal na pananalita, kung ang DYENITIBO ay nagsasalita sa

1. pag-ibig ng Diyos para sa atin (cf. 4:12)
2. ating pag-ibig sa Diyos (cf. 5:3)
3. tanging pangkalahatang pag-ibig ng Diyos sa ating mga puso

Ang salitang "sakdal" (*telos cf. 4:12,17,18*) ay nangangahulugang ganap, kompleto, o lubusang inihanda para sa isang nakatalagang tungkulin (cf. Efeso 4:12), hindi ng walang kasalanan (cf. 1:8,10).

▣ **"Dahil dito'y nalalaman nating tayo'y nasa Kaniya"** Muli dito ay ang pagbibigay diin sa kakayanan ng mga mananampalataya na magkaroon ng kompiyansang pananampalataya sa kanilang ugnayan sa Diyos. Ang konsepto ng ating buhay sa Kanya (abiding cf. v. 6) ay ang pabalik-balik na paksa ng mga kasulatan ni Juan (cf. Juan 14:20,23; 15:4-10; 17:21,23,26; I Juan 2:24-28; 3:6,24; 4:13,16).

**2:6 "nananahan"** Tignan Natatanging Paksa sa 2:10. Ang NT ay nagsasaysay rin ng parehong pananatili ng Ama at ng Anak sa atin (cf. Juan 14:23 at 17:21). Pansinin na maging sa SUGNAY na nagbibigay diin sa katiyakan ay mayroong pangangailangan, at ipinahiwatig na "dapat" (cf. 2:6, PANGKASALUKUYANG PAWATAS, "nananatili sa Kanya"). Ang ebanghelyo ay isang kondisyonal na tipanan na kasamang mga karapatan at responsibilidad!

▣ **"nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad niya"** Ito ay isa na naming pagbibigay diin sa "tunay na pananampalataya" bilang pamumuhay na pananampalataya (cf. Santiago 2:14-26). Ang pananampalataya ay hindi lamang desisyon, ngunit isang nagpapatuloy na personal na ugnayan kay Hesus na natural na umuusbong sa pang araw-araw na pagiging wangis ni Kristong pamumuhay. Ang walang hanggang buhay ay mayroong kapuna-punang mga katangian! Ito ay kahanay sa 1:7. Ang tunguhin ng Kristyanismo ay hindi lamang langit kapag tayo ay namatay, ngunit pagiging wangis ni Kristo sa ngayon (cf. Roma 8:29-30; II Corinto 3:18; Galacia 4:19; Efeso 1:4; I Thesalonica 3:13; 4:3; I Pedro 1:15)! Tayo ay iniligtas upang maglingkod. Tayo ay isinugo sa misyon na gaya Niya na isinugo rin sa misyon. Sa Kanyang pagbibigay ng buhay para sa iba, tayo rin, ay dapat na makita ang ating mga sarili bilang mga tagapaglingkod (cf. I Juan 3:16).

"Siya" sa literal ay "ang Isa," na isang karaniwang kataga sa mga kasulatan ni Juan para kay "Hesus" (cf. Juan 2:21; 19:35; I Juan 2:6; 3:3,5,7,16; 4:17). Madalas ito ay ginamit sa mapanirang paraan (cf. Juan 7:11; 9:12,28; 19:21). Kung "ang Isa" ay tumutukoy kay Hesus, magkagayon kanino tumutukoy ang "sa Kanya" ang 6a? Si Juan ay madalas na ginamit ang puno ng layuning kalabuan. Ito ay maaring tumutukoy sa Ama (cf. Juan 15:1-2,9-10) o sa Anak (cf. Juan 15:4-6). Ang katulad na kalabuang ito ay maaring maipakita sa "ang Isang Banal" ng v. 20.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:7-11

[7]**Mga minamahal, wala akong isinusulat sa inyo na anomang bagong utos, kundi ang dating utos na nasa inyo**

**buhat nang pasimula; ang dating utos ay ang salita na inyong narinig. [8]Muli, isang bagong utos ang isinusulat ko sa inyo, bagay na tunay sa kaniya at sa inyo; sapagka't ang kadiliman ay lumilipas, at ang tunay na ilaw ay lumiliwanag na. [9]Ang nagsasabing siya'y nasa liwanag at napopoot sa kaniyang kapatid, ay nasa kadiliman pa hanggang ngayon. [10]Ang umiibig sa kaniyang kapatid ay nananahan sa liwanag, at sa kaniya'y walang anomang kadahilanang ikatitisod. [11]Nguni't ang napopoot sa kaniyang kapatid ay nasa kadiliman, at lumalakad sa kadiliman, at hindi niya nalalaman kung saan siya naparoroon, sapagka't ang kaniyang mga mata ay binulag ng kadiliman.**

**2:7 "minamahal"** Si Juan ay madalas na tinatawag ang kanyang mga mambabasa sa pamamagitan ng magpagmahal na mga salita (cf. 2:1). Ang salita ay ginamit ng Ama upang tumutukoy kay Hesus sa Kanyang bautismo(cf. Mateo 3:17) at transpigurasyon(cf. Mateo 17:5). Ito ay karaniwang pagtatalaga ng mga naligtas sa mga sulat ni Juan (cf.3:2,21; 4:1,7,11; at III Juan 1,2,5,11).

Ang Textus Receptus ay may "mga kapatid" (MSS K, L, NKJV), ngunit ang I Juan gumagamit lang ito sa 3:13. "Minamahal" ay sinuportahan sa pamamagitan ng ansyalong Griyegong mga manuskripto (א, A, B, C, P, at ang Vulgate, Peshitta, Coptic, at mga Armenian na salin (tignan Bruce Metzger, *A Textual Commentary On the Greek New Testament*, p. 708).

▣ **"wala akong isinusulat sa inyo na anomang bagong utos, kundi ang dating utos"** Ito ay katangian ng mga kasulatan ni Juan (cf. Juan 13:34; 15:12,17). Ang kautusan ay hindi bago sa mga salita ng panahon, ngunit bago sa mga salita ng kalidad. Ang mga mananampalataya ay inutusan na magmahalan sa bawat isa gaya ng pagmamahal ni Hesus sa kanila (cf. Juan 13:34).

Ang "lumang kautusan" ay maaring maunawaan sa dalawang pakahulugan.

1. ang Batas ni Moses (i.e., Levitico 19:18)
2. ang mga katuruan ng Hesus na naitala sa Ebanghelyo ni Juan (i.e., Juan 13:34; 15:12,17)

▣ **"ang dating utos"** Sa 2:3 ang salitang "kautusan" ay PANGMARAMIHAN, ngunit dito ito ay PANG-ISAHAN. Ito ay parang nagpapahiwatig na ang pag-ibig ay tumutupad sa lahat ng ibang mga kautusan (cf. Galacia 5:22; I Corinto 13:13). Ang pag-ibig ang inaatas ng ebanghelyo.

▣ **"na nasa inyo buhat nang pasimula"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na tumutukoy sa unang pagtatagpo ng mga tagapakinig sa mensahe ng ebanghelyo(cf. v. 24; 1:1; 3:11; II Juan 5-6).

▣ **"inyong narinig"** Ang Textus Receptus ay nagdadagdag ng parirala "buhat sa pasimula" (ginamit sa unang mga bahagi ng talata).

**2:8 "na tunay sa Kaniya"** Ang kasarian ng PANGHALIP na ito ay nagbago mula sa PAMBABAE sa v. 7, na tumutugma sa "kautusan," patungo sa PAMBALAKI, na tumatalakay sa buong ebanghelyo. Ang katulad na pagbabago sa PANGHALIP ay matatagpuan sa Efeso 2:8-9.

▣ **"ang kadiliman ay lumilipas"** Ito ay PANGKASALUKUYANG PANGGITNA NA MAY PAHIWATIG (ayon sa A. T. Robertson's Word Pictures in the New Testament, p. 212). Para doon sa mga nakakilala sa Diyos kay Kristo, ang bagong panahon ay nagbukang liwayway at patuloy na magliliwanag sa kanilang mga puso at isipan (i.e., naisakatuparang ekastolohiya).

▣ **"ang tunay na ilaw ay lumiliwanag na"** Si Hesus ang liwanag ng sanglibutan (cf. Juan 1:4-5,9; 8:12), na isang biblikal na talinghaga para sa katotohanan, kapahayagan, at moral na kalinisan. Tignan mga puna sa 1:5 at 1:7. Ang bagong panahon ay nagbukang liwayway na!

**2:9 "*at* napopoot sa kaniyang kapatid"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na nagsasabi ng napagpasiyahang nagpapatuloy na pag-uugali. Ang galit ay isang katunayan ng kadiliman (cf. Mateo 5:21-26).

**2:10 "Ang umiibig sa kaniyang kapatid ay nananahan sa Liwanag"** PANGKASALUKUYANG PANAHUNANG PANDIWARI ay ang nangingibabaw na kaugnay na kahulugan. Ang pag-ibig ay katunayan ng kaligtasan ng pananampalataya at personal na pakikipag-ugnayan at kaalaman ng katotohanan at liwanag. Ito ay ang bago, ngunit lumang kautusan (cf. 3:11,23; 4:7,11,21).

## NATATANGING PAKSA: "PANANATILI" SA MGA KASULATAN NI JUAN

Ang Ebanghelyo ni Juan ay naglalarawan ng natatanging pakikipagugnayan s apagitan ng Diyos Ama at si Hesus ang Anak. Ito ay isang tugunang pagpapalagayang loob na nakabatay sa pagpapasakop at pagkakapantay. Sa buong Ebanghelyo, si Hesus ay nagsasalita sa kung anu ang Kanyang naririnig sa sinasabi ng Ama, ginagawa kung anu ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama. Si Hesus ay hindi gumagawa sa Kanyang sarili, ngunit ayon sa kalooban ng Ama.

Ang matalik na pakikisamang ito at paglilingkod ay naglalatag ng isang modelo para sa pakikipagugnayan sa pagitan ni Hesus at Kanyang mga tagasunod. Ang matalik na asosasyon na ito ay hindi pagsipsip ng indibidwal( gaya ng sa silanganing mistisismo), ngunit isang etikal, moral na pamumuhay ng pagtulad. Ang pakikisama ay (1) kognitibo (ang pananaw sa sanglibutan sa ebanghelyo bilang Salita ng Diyos); (2) pang-ugnayan (si Hesus ay ipinangako ng Diyos na Mesias na dapat pagtiwalaan at sandalan); at (3) etikal (Kanyang katangian ay naipapakita sa mga makadiyos na mananampalataya).

Si Hesus ay ulirang tao, tunay na Israelita, ang pamantayan ng sangkatauhan. Siya ay nagpapahayag ng kung ano dapat ang ipinayag ni Adan (sa makataong pananaw). Si Hesus ang sukdulang "larawan ng Diyos." Siya ang nagpapanumbalik sa bumagsak na larawan ng sangkatauhan sa pamamagitan ng (1) pagpapahayag sa Diyos; (2) namatay para sa atin (paghaliling pagbabayad-puri); at (3) paglalaan sa mga tao ng mga halimbawang dapat tularan. Ang salitang "pananatili" (*menō*) ay nagpapakita ng tunguhin ng pagiging wangis ni Kristo (cf. Roma 8:29), ang pagpapanumbalik mula sa Pagbagsak sa Kasalanan (cf. Genesis 3).

Ang muling pagsasama ng Diyos at sa Kanyang sukdulang nilikha, ang sangkatauhan, para sa layunin ng pakikisama ay ang " kay Kristo" ni Apostol Pablo at "manatili sa Akin" ni Apostol Juan.

Pansinin ang pagkakagamit ni Juan:

1. Pananatili sa pagitan ng Ama at Anak
   a. ang Ama sa Anak (Juan 10:38; 14:10,11; 17:21,23)
   b. ang Anak sa Ama (Juan10:38; 14:10,11; 17:21)
2. Pananatili sa pagitan ng Diyos at mga Mananampalataya
   a. ang Ama sa mananampalataya (Juan 14:20,23; I Juan 3:24; 4:12-13,15)
   b. ang mananampalataya sa Ama (Juan 14:20,23; 17:21; I Juan 2:24,27; 4:13,16)
   c. ang Anak sa mananampalataya (Juan 6:56; 14:20,23; 15:4,5; 17:23)
   d. ang mananampalataya sa Anak (Juan 6:56; 14:20,23; 15:4,5,7; I Juan 2:6,24,27,28)
3. Iba mga sangkap ng pananatili
   a. ang salita ng Diyos
      1) negatibo (Juan 5:38; 8:37; I Juan 1:10; II Juan 9)
      2) positibo (Juan 8:31; 15:2; I Juan 2:14,24; II Juan 9)
   b. ang pag-ibig ng Diyos (Juan 15:9-10; 17:26; I Juan 3:17; 4:16)
   c. ang Espiritu ng Diyos
      1) sa Anak (Juan 1:32)
      2) sa mananampalataya (Juan 14:17)
   d. ang pagsunod ay pananatili (Juan 15:10; I Juan 3:24)
   e. ang pag-ibig ay pananatili sa liwanag (I Juan 2:10)
   f. ang paggawa ng kalooban ng Diyos ay pananatili (I Juan 2:17)
   g. ang pagpahid ay nananitili (I Juan 2:27)
   h. ang katotohanan ay nanatili (II Juan 2)
   i. ang Anak ay nananitili (Juan 8:35; 12:34)
4. Ibang mga sangkap ng pananatili (positibo)
   a. ang bagsik ng Diyos ay nananatili (Juan 3:36)
   b. manatili sa kadiliman (Juan 12:46)
   c. itinapon palayo. . .sinunog (hindi nananatili) (Juan 15:6)
   d. pagkakasala (hindin nananatili) (I Juan 3:6)
   e. hindi pagmamahal (hindi nananatili) (I Juan 3:14)
   f. walang mamamatay tao (hindi nananatili buhay na walang hanggan) (I Juan 3:15)
   g. sa kamatayan (I Juan 3:14)

**NASB, NKJV "at sa kaniya'y walang anomang kadahilanang ikatitisod"**
**NRSV "sa ganyang tao walang kadahilanan para sa ikatitisod"**
**TEV "wala sa atin na magsasanhi sa isang tao na magkasala"**
**NJB "wala sa kaniya na gagawa sa kaniya na lumayo"**

Mayroong dalawang mga maaaring mga salin sa talatang ito.

1. ang mananampalataya na lumalakad sa pag-ibig ay hindi siya personal na matitisod (cf. v. 11)
2. ang mananampalataya na lumalakad sa pag-ibig ay hindi magiging dahilan para ang iba ay matisod (cf. Mateo 18:6; Roma 14:13; I Corinto 8:13) Pareho silang totoo! Ang ebanghelyo ay nagbibigay pakinabang sa mananampalataya at sa iba (parehong ang mga mananampalataya at mga naliligaw).

Sa OT ang "pagkatisod" ay kabaligtaran ng pananampalataya (siguradong nakatayo, matatag ang pagkakatindig). Ang kalooban ng Diyos at mga kautusan ay naipapakita sa isang malinaw na landas o daan. Ito ang paraan upang ang "lumakad" ay maaring maihalintulad para sa isang pamumuhay.

Tignan Natatanging Paksa: Paniniwala, Pananampalataya, at Katapatan sa OT sa Juan 1:14.

**2:11 "Nguni't ang napopoot sa kaniyang kapatid ay nasa kadiliman, at lumalakad sa kadiliman"** Mayroong PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI (napopoot) na sinundan ng PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (lumalakad). Ang poot ay tanda ng kawalan ng pananampalataya (cf. 3:15; 4:20). Ang liwanag at kadiliman, pag-ibig at poot ay hindi maaring umiiral sa katulad na tao. Ito ay tipikal sa itim o puting mga pahayag ni Juan. Ipinapakita niya ang uliran! Madalas, Gayunpaman, ang mga mananampalataya ay nakikipaglaban sa pamiminsala, kawalan ng pag-ibig, at kapabayaan! Ang ebanghelyo ay nagdadala ng parehong madaliang pagbabago at progresibong pagbabago.

▣ **"kaniyang mga mata ay binulag ng kadiliman"** Ito ay maaring tumutukoy sa alinman sa natitirang likas na kasalanan ng mga mananampalataya (cf. II Pedro1:5-9), o sa mga gawa ni Satanas (cf. II Corinto 4:4). Mayroong tatlong mga kaaway ang sangkatauhan: (1) ang makasalanang sistema ng sanglibutan; (2) ang personal na tagatuksong anghel, si Satanas; at (3) ang ating sariling likas na makasalanan, kalikasan ni Adan (cf. Efeso 2:2-3,16; Santiago 4).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:12-14

**[12] Kayo'y sinusulatan ko, mumunti kong mga anak, sapagka't ipinatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan dahil sa kaniyang pangalan. [13] Kayo'y sinusulatan ko, mga ama, sapagka't inyong nakikilala yaong buhat pa nang pasimula ay siya na. Kayo'y sinusulatan ko, mga binata, sapagka't inyong dinaig ang masama. Kayo'y aking sinulatan, mumunting mga anak, sapagka't inyong nakikilala ang Ama. [14] Kayo'y aking sinulatan, mga ama, sapagka't inyong nakikilala yaong buhat pa nang pasimula ay siya na. Kayo'y aking sinulatan, mga binata, sapagka't kayo'y malalakas, at ang salita ng Diyos ay nananahan sa inyo, at inyong dinaig ang masama.**

**2:12-14** Lahat ng mga PANDIWA sa mga talatang ito (maliban sa "Isinusulat ko ito" [NASB 1970], "Isinulat ko ito" [NASB 1995], UBS[4] ay nagbibigay ng ikalawang opsyon na "A" na marka [tiyak]) ay mga GANAP NA PANAHUNAN, na nagsasalita sa pagkilos sa nakaraan na nagreresulta sa nagpapatuloy na estado ng kalagayan. Gaya ng nakaraang kaugnay na kahulugan na tumatalakay sa mga bulaang mga guro, ang kaugnay na kahulugan ito ay tumatalakay sa mananampalataya. Mayroong tatlong magkakaibang mga titulo na ibinigay sa mga mananampalataya: "munting mga anak," "mga ama," at "mga binata." Ang talataang ito ay hindi maayos na tumutugma sa kaugnay na kahulugan sa katunayang pamumuhay ng katiyakan. Maaaring hindi tayo tumatalakay sa tatlong mga pangkat ngunit sa pampanitikang kagamitan naglalarawan sa maayos na kalagayan ng lahat ng mga Kristyano.

Mayroong mga apat na bagay na naitala na alam ng mga mananampalataya.

1. na ang kanilang mga kasalanan ay pinatawad (v. 12)
2. na sa pamamagitan ni Kristo sila ay nanaig sa diyablo (v. 13)
3. na "alam" nila na sila ay mayroong pakikisama sa kapwa Ama (v. 14) at sa Anak (vv. 13-14)
4. na sila ay malakas sa Salita ng Diyos (v. 14).

Ang listahang ito ay nagpapahayag ng gramatika sa (1) ang parirala "Sinusulatan ko kayo" at (2) ang anim na *hoti* (sapagkat ) mga SUGNAY.

▣ **2:12 "sapagka't ipinatawad sa inyo ang inyong mga kasalanan dahil sa Kaniyang pangalan"** Ang ministeryo ni Hesus ay ang tanging pag-asa ng sangkatauhan para sa kapatawaran (GANAP NA PABALINIYAK MAY PAHIWATIG). Sa kaunawaang Hebreo, ang pangalan ay kapantay sa katangian at pagkatao (cf. 3:23; III Juan 7; Roma 10:9-13; Filipos 2:6-11).

Mayroong serye ng anim na *hoti* na mga SUGNAY sa vv. 12-14. Sila ay marahil mga LAYUNING SUGNAY (NASB, NRSV, NJB, "sapagkat") o isang payak na pampanitikang paraan upang ipakilala ang pangungusap ng katotohanan (NET, "na").

**2:13 "yaong buhat pa nang pasimula ay Siya na"** Ang mga PANGHALIP sa I Juan ay may kalabuan at maaring tumutukoy sa Diyos Ama o Diyos Anak. Sa kaugnay na kahulugan ang isang ito ay tumutukoy kay Hesus. Ito ay isang paglalahayd ng pre-eksistens at, samakatuwid, Kanyang PagkaDiyos (cf. Juan 1:1,15; 3:13; 8:48-59; 17:5,24; II Corinto 8:9; Filipos 2:6-7; Colosas 1:17; Hebreo 1:3).

▣ **"inyong dinaig"** Ito ay pabalik-balik na pangako at babala sa I Juan (cf. 2:14; 4:4, 5:4-5, 18-19). Ito ay ipinapahayag sa GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagsasalita ng kaganapan ng isang proseso. Dito muli,si Juan ay sumusulat sa itim at putting mga salita (ang naunawaang ekastolohikal na katagumpayan ay napakapagpapaalala sa Ebanghelyo ni Juan). Ang mga mananampalataya ay mananagumpay, subalit dahil sa "narito na ngunit hind pa" na tension ng Kaharian ng Diyos, sila ay nakikipaglaban parin sa kasalanan, persekusyon, at kamatayan.

▣ **"ang masama"** Ito ay pantukoy kay Satan, na binanggit muli sa v. 14. Ang mga talatang 13 at 14 ay magkahanay. Tignan Natatanging Paksa sa Juan 12:31.

▣ **"sapagka't inyong nakikilala ang Ama"** Ang biblikal na konsepto ng "makilala" ay nagsasangkot ng Hebreong pakahulugan ng matalik na personal na ugnayan (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5) at ang Griyegong konsepto ng "katotohanan patungkol sa." Ang ebanghelyo ay parehong persona na sasalubungin (Hesus), isang mensahe (doktrina) na tatanggapin at iakto, at isang buhay na dapat isapamuhay.

## NATATANGING PAKSA: NAKIKILALA (madalas na paggamit ng Deuteronomio bilang gabay)

Ang Hebreong salita "nakikilala" (BDB 393) ay may ilang mga pakahulugan (semantikong mga patlang) sa *Qal*.

1. upang maunawaan ang mabuti at masama – Genesis 3:22; Deuteronomio 1:39; Isaias 7:14-15; Jonas 4:11
2. upang makilala sa pamamagitan ng kaunawaan – Deuteronomio 9:2,3,6; 18:21
3. upang makilala sa pamamagitan ng karanasan – Deuteronomio 3:19; 4:35; 8:2,3,5; 11:2; 20:20; 31:13; Joshua 23:14
4. upang ikonsidera – Deuteronomio 4:39; 11:2; 29:16
5. upang makilala ng personal
   a. ang tao – Genesis 29:5; Exodo 1:8; Deuteronomio 22:2; 33:9
   b. ang Diyos – Deuteronomio 11:28; 13:2,6,13; 28:64; 29:26; 32:17
   c. si YHWH – Deuteronomio 4:35,39; 7:9; 29:6; Isaias 1:3; 56:10-11
   d. sa pakikipagtalik – Genesis 4:1,17,25; 24:16; 38:26
6. isang natutunang kakahayan o kaalaman – Isaias 29:11,12; Amos 5:16
7. maging marunong – Deuteronomio 29:4; Pro. 1:2; 4:1; Isaias 29:24
8. karunungan ng Diyos
   a. kay Moses – Deuteronomio 34:10
   b. sa Israel – Deuteronomio 31:21

**2:14 "kayo'y malalakas"** Pansinin na ang kanilang lakas ay nakabatay sa pananatili sa salita ng Diyos. Ito ay katulad ng pagpapaalala ni Pablo sa Efeso 6:10-18. Ang nananatiling salita ay ang ebanghelyo. Ito ay parehong pangkaalaman at pang-personal, ang Diyos ay nagpapasimula at bawat isa ay tatanggap, kapwa isang kapasyahana at pagiging alagad, kapwa katotohanan at mapagkakatiwalaan.

▣ **"ang salita ng Diyos ay nananahan sa inyo"** Ito ay nagsasatao ng konsepto ng salita ng Diyos (ang ebanghelyo, cf. v. 24). Ito ay alusyon sa Juan 15. Ito ay ginamit sa negatibong pakahulugan sa Juan 5:38 at 8:37.

▣ **"inyong dinaig ang masama"** Ito ay pagbibigay diin sa pagsusumigasig ng totoong mga banal. Ito ay matatagpuan muli sa vv.17,19,24,27,28; 5:18; at II Juan 9. Ang doktrina ng katiyakan ng mananampalataya ay kailangang ibalanse sa katotohanan na yaong mga tunay na tinubos ay kakapit hanggang sa huli. (cf. Pahayag 2:7,11,17,26; 3:5,12,21). Tignan Natatanging Paksa: ang Pangangailangan ng Pagtitiis sa Juan 8:31. Ito ay hindi nagpapahiwatig na kawalan ng kasalanan sa ngayon, bagamat ito ay isang teoryang posibibilad batay sa natapos na gawa ni Kristo (cf. Roma 6).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:15-17

**[15] Huwag ninyong ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan. Kung ang sinoman ay umiibig sa sanglibutan, ay wala sa kaniya ang pagibig ng Ama. [16] Sapagka't ang lahat na nangasa sanglibutan, ang masamang pita ng laman at ang masamang pita ng mga mata at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan. [17] At ang sanglibutan ay lumilipas, at ang masamang pita niyaon; datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay nananahan magpakailan man.**

**2:15 "Huwag ninyong ibigin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA, na nangangahulugang ihinto ang pagkilos na kasalukuyang nasa progreso. Ang pag-ibig sa sanglibutan ay katangi-tangi sa isang pangkat ng mga huwad ng guro ng Nostik.

▣ **"ang sanglibutan"** Ang salitang ito ay ginamit sa dalawang magkaibang pakahulugan sa NT: (1) ang pisikal na planeta at/o ang nilikhang daigdig (cf. Juan 3:16; 16:33; I Juan 4:14) at (2) inorganisang lipunan ng sangakatauhan at gumagawa ng hiwalay sa Diyos (cf. I Juan 2:15-17; 3:1,13; 4:4-5; 5:4-5,19). Ang una ay tumutukoy sa naunang pisikal na paglikha (cf. Genesis 1-2) at ang ikalawa ay ang bumagsak na nilikha (cf. Genesis 3) Tignan Natatanging Paksa: *Kosmos* sa Juan 14:17.

## NATATANGING PAKSA: PAMAHALAAN NG TAO

I. PANIMULA
   A. Pakahulugan – Ang pamahalaan ay sangkatauhang inayos ang kanilang sarili upang magbigay at siguraduhin ang nararamdamang mga pangangailangan (i.e., Genesis 4 at 11). Ang mga tao ay mga sosyal na nilalang (maging bago pa ang Pagbagsak (cf. Genesis 2:18). Mga pamilya, mga tribo, mga bansa ay nagbibigay sa ating ng komunidad.
   B. Layunin – Ang Diyos ay ninais ay ang kaayusan ang mas kanais nais kay sa anarkya.
      1. Ang Mosaic legislasyon, parikular ang Decalog, ay kalooban ng Diyos para sa lipunan ng sangkatauhan. Ito ay nagbabalanse sa pagsamba at buhay.
      2. Walang anyo o istruktura ng pamahalaan ang itinataguyod ng Kasulatan, bagamat ang sinaunang teokrasya ng Israel ay ang inaasahang anyo sa kalangitan. Wala alinman sa demokrasya o maging kapitalismo ang biblikal na katotohana. Ang mga Kristyano ay dapat umakto ng nararapat sa kung anumang sistemang pamahalaan matatagpuan nila ang kanilang mga sarili. Ang layunin ng ebanghelyo at ministeryong Kristyano, ay hindi rebolusyon. Lahat ng mga pamahalaan ay napaparam!
   C. Pinangmulan ng pamahalaan ng tao
      1. Ang Romanong Katolisismo ay naninindigan na ang pamahalaan ng tao ay isang likas na pangangailangan, maging bago pa ang Pagbagsak. Si Aristotle ang marahil unang nagsiguro sa saligang ito. Sinabi niya na, "ang tao ay isang politikal na hayop" at sa pamamagitan nito ibig niyang sabihin na ang pamahalaan " ay umiiral para sa pagpapalaganap ng mabuting buhay."
      2. Ang Protestantismo, lalo na si Martin Luther, ay naninidigan na ang pamahalaan ng tao ay namana sa Pagbagsak. Tinawag niya itongt "ang Kaharian ng kaliwang kamay ng Diyos." Sinabi niya na "ang paraan ng Diyos na upang makontrol ang masasamang tao ay dapat ilagay ang masasamang tao sa ilalim ng kontrol."
      3. Si Karl Marx ay nanindigan na ang pamahalaan ay isang paraan na kung saan ang ilang mga elitista ay panatilihin ang masama sa ilalim ng pagkokontrol. Para sa kanya, ang pamahalaan at relihiyon ay gumaganap ng parehong tungkulin.

II. KAGAMITANG BIBILIKAL
   A. Lumang Tipan
      1. Ang Israel ay ang huwaran na magagamit sa langit. Sa sinaunang Israel si YHWH ay ang Hari. Ang Teokrasya ay ang salitang ginamit upang ilarawan ang direktang pamumuno ng Diyos (cf. I Samuel 8:4-9).
      2. Ang kapangyarihan ng Diyos sa pamahalaan ng tao ay maaring Makita ng malinaw sa Kanyang pagtatalaga
         a. sa lahat ng mga Hari, Daniel 2:21; 4:17,24-25
         b. sa Makamesyas na paghahari, Daniel 2:44-45
         c. kay Nebuchadnezzar (neo-Babylon), Jeremias 27:6; Daniel 5:28
         d. Cyrus II (Persia), II Chr. 36:22; Ezra 1:1; Isaias 44:28; 45:1
      3. Ang mga tao ng Diyos ay dapat na magpasakop at gumalang maging sa mga nananakop at nananahang pamahalaan:
         a. Daniel 1-4, Nebuchadnezzar (neo-Babylon)
         b. Daniel 5, Belshazzar (neo-Babylon)
         c. Daniel 6, Darius (Persia)
         d. Ezra and Nehemiah (Persia)
      4. Ang pinanumbalik na Judah ay dapat na manalangin para kay Cyrus at sa paghahari ng kanyang mga kaapu-apuhan
         a. Ezra 6:10; 7:23
         b. Ang mga Hudyo ay dapat na manalangin para sa awtoridad na sibil na si, Mishnah, Avot. 3:2
   B. Bagong Tipan
      1. Si Hesus ay nagpapakita ng paggalang sa mga pamahalaan ng tao
         a. Mateo 17:24-27; Nagbayad Siya ng buwis sa Templo (relihiyoso at sibil na mga awtoridad ay dapat na iisa, cf. I Pedro2:17)
         b. Mateo 22:15-22; Marcos 12:13-17; Lucas 20:20-26, Siya ang nagtuyog ng lugar para sa buwis ng Roma at magkagayon ay Romanong sibil na awtoridad
         c. Juan 19:11, Ang Diyos ay pumapayag sa awtoridad sibil
      2. Ang mga salita ni Pablo ay may kaugnayan sa mga pamahalaan ng tao
         a. Roma 13:1-5, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil sapagkat sila ay itinatag ng Diyos
         b. Roma 13:6-7, ang mga mananampalataya ay dapat na magbayad ng mga buwis at parangalan ang mga awtoridad sibil
         c. I Timoteo 2:1-3, ang mga mananampalataya ay dapat na ipanalangin ang mga awtoridad sibil

d. Tito 3:1, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasailalim sa mga awtoridad sibil

3. Ang mga salita ni Pedro kaugnay sa sa mga pamahalaan ng tao
   a. Mga Gawa 4:1-31; 5:29, Si Pedro ay Juan sa harap ng Sanhedrin (ito ay nagpapakita ng biblikal na pamarisan para sa pagsuway sibil)
   b. I Pedro 2:13-17, ang mga mananampalataya ay dapat na magpasakop sa mga awtoridad sibil para sa ikabubuti ng lipunan at para sa ebanghelismo
4. Ang mga salita ni Juan kaugnay sa mga pamahalaan ng tao
   a. Pahayag 17, ang babaeng mababa ang lipat sa Babylon ay tumatayo para sa makataong pamahalaan isinaayos at gumagawa ng hiwalay sa Diyos
   b. Pahayag 18, ang babaeng mababa ang lipad sa Babylon ay sinira

III. PAGLALAGOM
   A. Ang pamahalaan ng tao (sa makasalanang sanglibutan) ay itinakda ng Diyos. Hindi ito "ang banal na karapatan ng mga Hari," ngunit ang banal na tungkulin ng pamahalaan. Walang isang anyo ang itinataguyod ng higit sa iba.
   B. Ito ay isang relihiyosong tungkulin para sa mga mananampalataya na tupdin at ipagdasal ang mga sibil awtoridad.
   C. Nararapat para sa mga mananampalataya na sumuporta sa pamahalaan ng tao sa pamamagitan ng pagbubuwis na may kasamang nararapat na paggalang na saloobin.
   D. Ang pamahalaan ng tao ay para sa layuning sibil na kaayusan. Sila ang lingkod ng Diyos para sa gawaing ito.
   E. Ang pamahalaan ng tao ay hindi sukdulan. Ito ay limitado sa kanyang awtoridad. Ang mga mananampalataya ay dapat na kumilos alang-alang sa kanilang mga konsensya sa pagtatakwil sa awtoridad sibil kung ito ay lumalagpas na sa hangganan ng itinakdang banal na pagtatalaga sa kanya. Gaya ng isinasaysay ni Augustine sa *The City of God*, tayo ay mga mamayan ng dalawang kaharian, isa ang pansamantala at isa ay eternal. (cf. Filipos 3:20). Mayroon tayong responsibilidad sa pareho, ngunit ang kaharian ng Diyos ang sukdulan! Mayroong parehong indibidwal at sama-samang pokus sa ating responsibilidad sa Diyos.
   F. Dapat nating palakasin ang loob ng mga mananampalataya sa demokratikong sistema na aktibong makipagtulungan sa proseso ng pamahalaan at isakatuparan, kung possible, ang mga katuruan ng Kasulatan.
   G. Ang sosyal na pagbabago ay dapat na pangunahan ng indibidwal na pagbabalik-loob. Walang tunay na magtatagal na ekatolohikal na pag-asa sa pamahalaan ng tao. Lahat ng mga pamahalaan ng tao, bagamat ninais at ginamit ng Diyos, ay makasalanang ekspresyon ng makataong organisasyon na hiwalay sa Diyos. Ang konseptong ito ay ipinahayag sa pagkakagamit ni Juan ng mga salita "ang sanglibutan" (i.e., I Juan 2:15-17).

▣ **"ang mga bagay na nasa sanglibutan"** Ito ay waring tumutukoy sa pag-ibig sa material na mga bagay (cf. v. 16) o sa mga bagay na maaring ialok ng sanglibutan: kapangyarihan, katanyagan, impluwensya, atbp. (cf. Roma 12:2; Santiago 1:27). Ang makasalanang sistema ng sanglibutan ay nagtatangka na katagpuin ang lahat ng pangangailangan ng sangkatauhan ng hiwalay sa Diyos. Itinatayo nito ang buhay sa paraang ang mga tao ay lumilitaw na nagsasarili. Ang mga institusyon na kung saan lahat tayo ay nagpapasalamat ay maaring maging isang pagsamba sa diyus-diyosan kapag hinayaan nila na maging indenpendente mula sa Diyos. Ang mga halimbawa ay nagpapaloob sa: (1) human governmental systems; (2) edukasyonal na sistema ng mga tao; (3) pangekonomiyang sistema ng mga tao; (4) medikal na mga sistem, atbp.

Gaya ng sinabi ni Augustine ng mahusay, "ang tao ay mayroong hugis-diyos na puwang" sa kanyang buhay. Sinusubukan nating punan ito ng mga makamundong bagay, ngunit matatagpuan lamang natin ang kapayapaan at katuparan sa Kanyan! Ang pagsasarili ay isang sumpa ng Eden!

▣ **"Kung"** Ito ay isang IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, na ang ibig sabihin ay maaaring pagkilos. Anu man an gating iniibig ay katibayan kung kanino tayo. . .sa Diyos ba o kay Satanas.

**2:16 "ang pita ng laman"** Ito ay tumutukoy sa makasariling saloobin ng sangkatauhan (cf. Galacia 5:16-21; Efeso 2:3; I Pedro 2:11). Tignan Natatanging Paksa: Laman (*sarx*) sa Juan 1:14.

▣ **"ang pita ng mga mata"** Ang mga inaamin na ang mga mata ay bintana ng kaluluwa. Ang kasalanan ay nagsisimula sa buhay isipan at gumagawa sa kanyang sarili patungo sa isang pagkilos. Ang isang pagkilos ay maaring umusbong patungo sa pagdudumina sa pamumuhay (e.g., Kawikaan 23:7).

▣ **"ang kapalaluan sa buhay"** Ito ay tumutukoy makataong kapalaluan na hiwalay mula sa Diyos (i.e., ang pagtitiwala ng mga tao sa kanyang sariling mga kayamanan). Sa *The Jerome Bible Commentary*, vol. II, Raymond Brown, isang tanyag na Katolikong iskolar ng mga sulat ni Juan, ay nagsasabi na ang parirala, "Gayunpaman, *alazoneia*, ay matatagpuan din saSantiago 4:16, ay may mas higit na aktibong kahulugan kaysa sa kayabangan lamang: Ito ay nagpapakahulugan ng pagmamataas, kahambugan, ang kombiksyon ng pansiriling kasapatan" (p. 408).

Ang salitang buhay sa bios na tumutukoy sa makamundo, pisikal, temporal na buhay sa planetang ito (anu man gang ibinabahagi ng sangkatauhan kasama ng mga halaman at mga hayop, cf. I Juan 3:17). Ang pagpapakilalang ito ay naglalarawan ng parehong mga pangkat ng mga bulaang guro ng Nostik at sa hindi pinagbagong-buhay na makasalanang

sangkatauhan. Ang Diyos ay tumutulong, sila rin ay naglalarawan ng mga bata pang mga Kristyano!

▣ **"ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanglibutan"** Mayroong dalawang mga dahilan na dapat ang mga Kristyano ay hindi mahalin ang sanglibutan.

1. ang pag-ibig na yaon ay hindi galling sa Ama (cf. v. 16)
2. ang sanglibutan ay lumilipas lamang (cf. v. 17)

**2:17 "ang sanglibutan ay lumilipas"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG GITNANG MAY PAHIWATIG (cf. 2:8). Ito ay tumutukoy sa dalawang panahon ng Hudyo. Ang bago at naganap na panahon ay darating, ang lumang panahon ng kasalanan at rebelyon ay lumilipas na (cf. Roma 8:18-25).

## NATATANGING PAKSA: ANG PANAHONG ITO AT ANG DARATING NA PANAHON

Ang OT na mga propeta ay tinignan ang hinaharap bilang karugtong ng kasalukuyan. Para sa kanila ang hinaharap ay pagpapanumbalik ng heograpikal na Israel. Gayunpaman, kahit nakita nila ito bilang isang bagong araw (cf. Isaias 65:17; 66:22). Na may nagpapatuloy na pananadyang pagtanggi kay YHWH sa pamamagitan ng mga inapo ni Abraham (maging pagkatapos ng pagkakatapon) isang bagong paradaym ang nabuo sa Makahudyong intertestamental na apokaliptikong literatur (i.e., I Enoch, IV Ezra, II Baruch). Ang mga kasulatang ito ay nagsimulang alamin ang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang panahon: ang kasalukuyang makasalanang panahon na dinudumina ni Satanas at ang paparating na panahon ng katuwiran na dinudumina ng Espiritu at pinasinayan ng Mesias (madalas isang dinamikong mandirigma).

Sa lugar na ito ng teolohiya (eskatolohiya) mayroong kapansin-pansin na pagbabago. Tinatawag ito ng mga teolohiyo na "progresibong kapahayagan." Ang NT nagpapatibay sa bagong kosmikong realidad ng dalawang panahon (i.e., isang temporal na dualismo).

| Hesus | Pablo | Mga Hebreo |
|---|---|---|
| Mateo 12:32 | Roma 12:2 | 1:2 |
| Mateo13:22, 39 | I Corinto 1:20; 2:6,8; 3:18 | 6:5 |
| Marcos 10:30 | II Corinto 4:4 | 11:3 |
| Lucas 16:8 | Galacia 1:4 | |
| Lucas 18:30 | Efeso 1:21; 2:1,7; 6:12 | |
| Lucas 20:34-35 | I Timoteo 6:17 | |
| | II Timoteo :10 | |
| | Tito 2:12 | |

Sa NT na teolohiya ang dalawang makahudyong panahon na ito ay nagsanib sapagkat sa di-inaasahan at di napansing prediksyon ng dalawang pagdating ng Mesias. Ang pagkakatawang tao ni Hesus ay tumupad sa OT na mga propesiya ng pagpapasinaya ng bagong panahon (Daniel 2:44-45). Gayunpaman, ang OT ay nakita rin ang Kanyang pagdating bilang isang Hukom at Manlulupig, ngunit Siya ay dumating una bilang Nagtitiis na Tagapaglingkod (cf. Isaias 53; Zacarias 12:10), mapagpakumbaba at mababang-loob (cf. Zacarias 9:9). Siya ay babalik sa kapangyarihan na gaya ng hinuhula ng OT (cf. Pahayag 19). Ang dalawang dalawang-yugto ng katuparang ito ay nagdulot sa Kaharian na maging narito (pinasinayaan), ngunit panghinaharap ( hindi pa lubusang nararanasan). Ito ay NT na tension ng narito na, ngunit hindi pa!

▣ **"datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Diyos ay nananahan magpakailan man"** Pansinin kung paano ang walang hanggan na buhay (i.e., sa liter "nanatili sa panahon") ay nakakonekta sa mapagmahala na pamumuhay, hindi lamang natapos na pagpapahayag ng pananampalataya (cf. Mateo 25:31-46; Santiago 2:14-26). Tignan Natatanging Paksa sa Kalooban ng Diyos sa Juan 4:34.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:18-25

**18 Mumunting mga anak, ito ang huling oras: at gaya ng inyong narinig na darating ang anticristo, kahit ngayon ay lumitaw ang marami nang anticristo; kaya nga nalalaman natin na ito na ang huling oras. 19 Sila'y nangagsilabas sa atin, nguni't sila'y hindi sa atin; sapagka't kung sila'y sa atin ay nagsipanatili sana sa atin: nguni't nangagsilabas, upang sila'y mahayag na silang lahat ay hindi sa atin. 20 At kayo'y may pahid ng Banal, at nalalaman ninyo ang lahat ng mga bagay. 21 Hindi ko kayo sinulatan ng dahil sa hindi ninyo nalalaman ang katotohanan, kundi dahil sa inyong nalalaman, at sapagka't alin mang kasinungalingan ay hindi sa katotohanan. 22 Sino ang sinungaling kundi ang tumatanggi na si Hesus ay siyang Kristo? Ito ang anticristo, sa makatuwid ay ang tumatanggi sa Ama at sa Anak. 23 Ang sinomang tumatanggi sa Anak, ay hindi sumasa kaniya ang Ama: ang nagpapahayag sa Anak ay sumasa kaniya**

**naman ang Ama. [24] Tungkol sa inyo, ay manahan sa inyo ang inyong narinig buhat nang pasimula. Kung manahan sa inyo yaong buhat nang pasimula ay inyong narinig, kayo naman ay mananahan sa Anak, at sa Ama. [25] At ito ang pangakong kaniyang ipinangako sa atin, ang buhay na walang hanggan.**

**2:18 "Mga anak"** Tignan ang puna sa 2:1.

▣ **"ito ang huling oras"** Sa literal ito ay "huling oras" na walang PANTUKOY (matatagpuan lamang dito). Gaya ng "huling mga araw,"isa ito sa mga parirala ginamit sa NT upang ilarawan ang Ikalawang Pagdating ng Hesukristo (cf. Juan 6:39-40,44). Ito ay mahalagang konsepto ni Juan sapagkat sa ating panahon napakaraming mga tagapagbigaykahulugan na maaring naimpluwensiyahan ni C. H. Dodd ng kanyang "naisakatuparang ekastolohiya" (isang pangunahing aral ng amilyanismo). Ito ay tiyak na totoo na si Juan ay kakaiba at papilit na itinuturo ang Kaharian ng Diyos ay dumating kay Hesus. Gayunpaman, ang tekstong ito ay nagpapahayag na mayroon ding panghinaharap na kaganapan (pangyayari o period). Pareho ay totoo. Ito ay ibang ekspresyon ng tensyo ng NT (kabalintunaan) sa pagitan "ang narito na at ang hindi pa" (i.e.; "ay dumarating") ng dalawang makahudyong panahon, na ngayon ay nagsanib sa panahon.

▣ **"antikristo,. . . antikristo,"** Ang naglalarawang parirala ito ay parehong PANG-ISAHAN at PANGMARAMIHAN; wala alinman sa salita ay mayroong PANTUKOY (sumusunod MSS א*, B, C). Tanging si Juan ang gumagamit ng salitang ito sa NT (cf. 2:18,22; 4:3; II Juan 7). Tignan mas buong puna sa Kontekstwal na Kaunawaan sa 2:3-27, D.

▣ **"na daratings coming"** Ito ay PANGKASALUKUYANG GITNANG(deponente) MAY PAHIWATIG. Sa Koineng Griyego ilsng mga anyo ng mga Griyegong PANDIWA ay nawala sa pagkakagamit at ang ibang mga anyo ang siyang pumalit sa kanilang mga tungkulin. Deponenteng mga PANDIWA ay mga GITNA o BALINTIYAK NA TINIG sa anyo, ngunit isinalin bilang but are translated as TAHAS NA NA TINIG sa kahulugan. Dito ang PANGKASALUKUYAN ay ginamit upang ipihayag ang katiyakan ng panghinaharap na pangyayari. Ang mga AntiKristo, PANG-ISAHAN, ay parating at maraming bulaang mga guro o huwag na mesyas na kagaya niya ang lumitaw na (mga antiKristo).

Tiyak na possible na dahil sa hinid alam ni Satanas ang pagbabalik ni Kristo, mayroon na siyang inihanda na papasok sa pamunuan ng sanglibutan sa anumang pagkakataon ang dumating.

▣ **"ay lumitaw"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang "anti"-Kristong espiritu ay nasa kasalukuyan na at aktibo sa makasalanang sanglibutan na ito (i.e., ang mga bulaang guro), subalit mayroon pa ring panghinaharap na manipestasyon. Ilang mga komentarista ay naunawaan ito bilang tumutukoy sa Emperyo ng Roman sa panahon ni Juan, habang ang iba ay nakikita bilang panghinaharap na emperyong pangmundo ng huling araw. Sa maraming pakahulugan, ito ay ang pareho! Ang huling oras ay pinasinayaan sa Pagkakatawang tao at mananatili hanggang sa kaganapan ng (ang Ikalawang Pagdating ni Kristo).

**2:19 "Sila'y nangagsilabas sa atin, nguni't sila'y hindi sa atin"** Ito ay perpektong halimbawa ng bulaang katuruuan at bulaang pagpapahayag ng nakikitang iglesya (cf. Mateo 7:21-23; 13:1-9,18-23,24-30). Ang kanilang kawalan ng katotohanan, pag-ibig, at pagtitiis ay mga katibayan na sila ay hindi mga mananampalataya. Ang erehya ay laging nagmumula sa kalooban!

Ang may-akda ng I Juan ay lubhang maingat sa kanyang pagpili ng PANDIWANG PAMANAHON. Ang talatang 19 ay nagpapakita ng

1. ang mga bulaang guro ay lumabas (AORIST)
2. sila ay kailanman hindi naging bahagi (DI-GANAP)
3. kung sila ay naging bahagi sila ay hindi lalabas (isang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na may PANGMARAMIHANG PANDIWA) Tignan Natatanging Paksa: Apostasya sa Juan 6:64.

▣ **"kung"** Ito ay IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na tinatawag na salungat sa katotohanan. Ito ay dapat na isinalinsa, "kung sila ay kabilang sa atin, na hindi naman, sila ay mananatili sa atin, na hindi naman."

▣ **"nagsipanatili sana sa atin"** Ito ay PLUPERFECT NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagsasalita patungkol sa natapos na pagkilos sa nakalipas na panahon. Ito ay isa sa ilang mga pantukoy sa doktrina ng Pagsusumigasig (cf. vv. 24,27,28). Ang tunay na pananampalataya ay nananatili at nagbibigay bunga (cf. Mateo13:1-23). Tignan Natatanging Paksa sa Juan 8:31.

**2:20 "At kayo'y may pahid ng Banal"** "Kayo" ay PANGMARAMIHAN na nagbibigay diin sa Griyegong teksto na kasalunagat doon sa mga umalis sa Kristyanong pakikisama. Posibleng ang mga Nostik ay naimpluwensyahan ng silanganing" misteryong" mga relihiyon at nagturo sa natatanging pagpahid na nagdadala ng kaalaman at pagkakakilala sa diyos. Si Juan ay naninindigan na ang mga mananampalataya, hindi ang mga Nostik, ang mayroong pagpahid (natatanging pagpapasimula) mula sa diyos.

## NATATANGING PAKSA: ANG ISANG BANAL

"Ang ISANG BANAL" ay maaring tumutukoy sa

1. Diyos Ama (cf. maraming bilang sa OT na mga sipi sa"ang Nagiisang Banal ng Israel")
2. Diyos Anak (cf. Marcos 1:24; Lucas 4:34; Juan 6:69; Mga Gawa 3:14)
3. Diyos Espiritu (Kanyang titulo, "Banal na Espiritu" cf. Juan 1:33; 14:26; 20:22).

Mga Gawa 10:38 ay isang talata na kung saan lahat ng persona ng pagkaDiyos ay kasangkot sa pagpahid. Si Hesus ay pinahiran (cf. Lucas 4:18; Mga Gawa 4:27; 10:38). Dito ang konsepto ay pinalawak upangisama ang lahat ng mga mananampalataya(cf. I Juan 2:27). Ang Isang Pinaharan ay naging mga pinahiran! Ito ay marahil kahanay sa ang AntiKristo at mga antiKristo (cf. I Juan 2:18). Ang simbolong pagkilos sa OT ng pisikal na pagpahid ng langis (cf. Exodo 29:7; 30:25; 37:29) ay nauugnay doon sa mga tinawag at inihanda ng Diyos para sa natatanging tungkulin (i.e.,mga propeta;, mga saserdote, at mga hari). Ang salitang "Kristo" ay isang salin ng Hebreong salita"ang isang pinahiran" o Mesias.

▣ **"may pahid "** Tignan Natatanging Paksa: Pagpapahid sa Bibliya sa Juan 11:2.

▣

**NASB "at nalalaman ninyo ang lahat ng mga bagay"**
**NKJV "at nalalaman mo ang lahat ng mga bagay"**
**NRSV "at lahat kayo ay may kaalaman"**
**TEV "at lahat kayo ay nakakaalam ng katotohanan"**
**NJB "at lahat kayo ay nakatanggap na kaalaman"**

Ito ay makabuluhang pahayag sa dahilan ng aroganteng pagbabadya ng mga bulaang guro ng Nostik patungkol sa kanilang lihim kaalaman. Si Juan ay nagsasaysay na ang mga mananampalataya ay may pinagbabatayang Kristyanong kaalaman (v. 27 at Juan 16:7-14 at Jeremias 31:34), hindi puspusang kaalaman alinman sa relihiyon o sa ibang kaharian o kaalaman (cf. 3:2). Para kay Juan, ang katotohanan ay parehong pangkaalaman at personal, na gaya ng pagpahid na maaring tumutukoy sa ebanghelyo o sa Espiritu. Mayroong Griyegong manuskriptong pagkakaiba sa pariralang ito. Ang NKJV ay sumusunod sa ansyalong mga manuskripto A, C, at K, mayroon *panta*, isang PAMBALAKI PANGMARAMIHAN na ginamit bilang AKUSATIBO, habang ang NASB ay sumusunod sa mga manuskriptong א, B, at P, na mayroong*pantes*, isang PANGLALAKE PANGMARAMIHAN, na nakapokus sa which focuses on the SIMUNO "kayong lahat." Dahilan sa ang ekslusibismo na pagaangkin ng mga bulaang guro, ang huling opsyon ang pinakamahusay. Ang UBS[4] ay nagbibigay ng "B" na marka (halos tiyak). Amg pagpapapahid at kaalaman ay ibinigay sa lahat ng mga mananampalataya, hindi sa mga pili, natatangi, intelektwal, at ilang mga espiritwal!

**2:21** Isa ito sa maraming mga talata na nagsasaysay na ang mga mambabasa ni Juan ay may pananampalatayang katiyakan ng pagtutubos at tunay na katotohanan. Sa talatang ito ang katiyakan ay nakabatay sa pagpapapahid na mula sa Espiritu na nagbigay sa mga mananampalataya ng pagkagutom para sa kaalaman sa ebanghelyo.

**2:22 "Sino ang sinungalin"** Ang pariralang ito ay mayroong TAHAS NA NA PANTUKOY, samaktuwid, si Juan ay tumutukoy aliman sa

1. isang partikular na bulaang guro(maaaring si Cerinthus)
2. ang "malaking kasinungalingan" at pagtanggi sa ebanghelyo (cf. 5:10)

"Ang sinungaling" ay kahanay sa "antiKristo." Ang espiritu ng antiKristo ay naroroon sa bawat panahon; isang panimulang paliwanag (ang dalawang konotasyon sa PANG-UKOL "anti") ay "ang isang tumatanggi na si Hesus ay ang Kristo" o "ang isa na nagsusubok na palitan si Kristo."

▣ **"si Hesus ay siyang Kristo"** Ang Jerome Biblical Commentary, p. 408, ay gumawa ng mabuting punto, "ang may akda ay hindi simpleng nagbihay kahulugan sa katuparan ni Hesus sa OT at makaHudyong pag-aasam ng isang mesyas. Ang 'Kristo' dito ay may buong pakahulugan na gaya mas piniling designasyon ng NT kay Hesus, na ang mga salita at mga gawa ay nagproklama sa kanya na banal na Tagapagligtas ng sangkatauhan (cf. Mga Gawa 2:31; Roma 1:4)."

Maaaring ang doktrinang ito ay paninindigang tungkulin

1. na gaya ng sa polemik laban sa Gnostisismo
2. na isang Palestinang kredo na malinaw na naghihiwalay sa Sinagoga mula sa Iglesya; ito ay maaaring magpakita ng pagkatapos ng Jamnia (A.D. 70)sumpang pormula sa mga rabi
3. gaya ng "Hesus ay Panginoon," ito ay maaaring isang bautismong paninindigan

**2:22-23 "Ang sinomang tumatanggi sa Anak"** Waring ang mga bulaang gurong Nostik ay umaangking kilala ang Diyos, ngunit itinanggi nila, inalis sa sentro, at pinababa ang lugar ni Hesus Kristo (cf. 4:1-6; 5:11-12; Juan 5:23).

Batay sa mga kasulatan ng mga Nostik mula sa ikalawang siglo A.D., ang mga puna sa loob ng NT, at sinaunang mga ama ng iglesya, ang mga sumusunod na paniniwala ay sumibol.

1. Ang mga Nostik ay sinubukang ikasal ang Kristyanismo sa Griyegong pilosopiya (Plato) at ang silanganing misteryong mga relihiyon.
2. Itinuro nila na si Hesus ay banal ngunit hindi tao sapagkat ang espiritu ay mabuti, ngunit ang bagay (laman) ay masama. Samakatuwid, walang posibilidad ng isang pisikal na pagkakatawang tao ng Diyos.
3. Itinuro nila ang dalawang bagay patungkol sa kaligtasan
   a. isang pangkat ang nagsasaysay na isang natatanging makaanghel na kalipunan (aeon) ang nagdadala ng kaligatasan sa espiritu na walang kinalaman sa pagkilos ng katawan sa pisikal na kaliwanagan.
   b. ang isang pangkat ay nagpatingkad ng pisikal na asetismo(cf. Colosas 2:20-23). Sinasabi nila na ang kabuuang pagtanggi ng pangangailan at kagustuhang katawan ay mahalaga sa tunay na kaligtasan.

**2:23** Ang talatang ito sa Textus Receptus, ay sumusunod sa ansyalong mga manuskripto na K at L, ay aksidenteng napaikli ang orihinal na teksto sa pamamagitan ng pag alis ng ikalawang kahanay na pantukoy sa Ama, na labis na sinupurtahan ng Griyegong ansyalong mga manuskripto na ¥, A, B, at C.

▣ **"ang nagpapahayag"** Ito ay eksaktong kabaligtaran ng "sinoman na tumatanggi" sa vv. 22 [dalawang beses] at 23 [isang beses] at 26 [isang beses]. Tignan Natatanging Paksa: Pagpapahayag ng Kasalanan sa Juan 9:22-23.

▣ **"sa Anak"** Ang pakikisama sa Diyos ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pananampalataya sa Anak (cf. 5:10-12,13). Ang pananampalataya kay Hesus ay hindi isang opsyon! Siya lamang ang daan sa Ama (cf. Juan 5:23; 14:6; Lucas 10:16).

**2:24 "Tungkol sa inyo"** Ito ay nagpapakita na napakamariing pagkakasalungat sa pagitan ng mga mambabasa ni Juan at sa mga bulaang guro at kanilang mga natitirang tagasunod (cf. v. 27).

▣ **"ay manahan sa inyo ang inyong narinig buhat nang pasimula."** Ito ay PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may gramatikong pagdiin sa "inyo" (na siyang nasa simula ng Griyegong parirala) sa kabaligtaran sa mensahe ng bulaang mga guro. Ang ebanghelyo ay isinasatao at inilarawan bilang isang nananahang bisita. Ito ang isa sa dalawang mga dahilan na ibinigay sa katanggupayan ng mga Kristyano laban sa mga bulaang guro (ang mga sinungaling). Ang ikalawa ay matatangpuan sa vv. 20 at 27, na kung saan ang pagpahid ng Espiritu ay nabanggit. Muli, ang ebanghelyo ay parehong mensahe at persona na idinugtong ng mga parirala na "buhat sa pasimula" (cf. vv. 13,14,24 [dalawang beses]). Ang salita ng Diyos ay parehong nilalaman at personal, parehong nakasulat at nabubuhay (cf. 1:8,10; 2:20,24)! Tignan Natatanging Paksa: Pananatili sa 2:10.

▣ **"Kung"** Ito ay isang IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Pinagpapatuloy nito ang babala at paalala na may kinalaman sa "pananatili." Ang pagtigil ng pananatili ay nagpapahayag na sila ay kailanman ay hindi naging kabahagi (cf. 2:18-19). Ang pamumuhay ay katibayan ng "pananatili" na nagdadala ng pananampalatayang katiyakan (cf. Juan 15). Ang pananatili ay mensaheng narinig at natanggap at isang pakikisama sa parehong Anak at sa Ama (cf. Juan 14:23) na naipahayag sa piniling pamumuhay, parehong positibo (pag-ibig) at negatibo (pagtakwil sa sanglibutan).

**2:25 "At ito ang pangakong kaniyang ipinangako sa atin: buhay na walang hanggan"** Muli ang mga PANGHALIP sa v. 25 ay napakalabo at maaring tumutukoy sa Diyos Ama o sa Diyos Anak. Marahil ay puno ng layunin (na gaya ng sa II Pedro 1). Waring ang pananalitang ito ay higit na kagaya sa Juan 3:15-16 and 6:40. Ang pag-asa ng mga mananampalataya ay nakasandal sa katangian at mga pangako ng Diyos (cf. Isaias 45:23; 55:11). An gating matalik na pakikisama sa Nagkakaisang Diyos ay lumalabas sa pag-asa, tama, sa pangako ng walang hanggang buhay(cf. 5:13). Walang hanggang buhay ay may kapansin pansing mga katangian.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 2:26-27

**[26] Isinulat ko sa inyo ang mga bagay na ito tungkol sa mga may ibig na magligaw sa inyo. [27] At tungkol sa inyo, ang pagkapahid na sa kaniya'y inyong tinanggap ay nananahan sa inyo, at hindi ninyo kailangang kayo'y turuan ng sinoman; nguni't kung paanong kayo'y tinuturuan ng kaniyang pahid tungkol sa lahat ng mga bagay, at siyang totoo, at hindi kasinungalingan, at kung paanong kayo'y tinuruan nito, ay gayon kayong nananahan sa kaniya.**

**2:26 "sa mga may ibig na magligaw sa inyo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Mayroong mga manlilinlang sa bawat panahon (cf. Mateo7:15; 24:11,24; II Juan 7). Sila ay madalas na sinsero mga relihiyoso na dumadalo at aktibo sa mga Kristyanong gawain.

**2:27 "ang pagkapahid"** Ito ay parang pagbibigay diin sa resulta ng pagpapapahid, hindi ang mga paraan ( ang Espiritu) o mga elemento (ang mga katotohanan ng ebanghelyo) ang nasasangkot. Ang pagpapahid ay isang OT na konsepto para sa natatangi na pagkakatawag at paghahanda sa isang tao para sa ibinigay ng Diyos na gawain. Ang mga propeta, mga saserdote, at mga Hari ay pinahiran. Ang salitang ito ay etimolohikal na kaugnay sa salitang "Mesias." Dito ito ay tumutukoy sa resultang katatagan na siyang pagbibigay liwanag ng Banal na Espiritu sa puso at isipan sa Ebanghelyo na dinadala sa mga mananampalataya. Tignan Natatanging Paksa: Ang Pagpapapahid sa Bibliya sa Juan 11:2.

Ang mga bulaang guro ay nag-aangkin ng isang natatangi na kapahayagn mula sa Diyos (i.e., natatanging pagpapahid). Si Juan ay nagsasaad na lahat ng mga mananampalataya ay mayroon ng tunay na pagpapahid noong sila ay nagtiwala sa Isang Pinahiran, ay pinuno ng Kanyang Espiritu, at nananatili sa salita ng Diyos.

▣ **"inyong tinanggap"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagpupunto sa ilang natapos na nakalipas na gawa. Ang "pagpapahid" ay kahanay sa "inyong narinig" sa v. 24. Ang ebanghelyo ay dapat na tanggapin (1)ng indibidwal sa pamamagitan ng pananampalataya (cf. Juan 1:12; 3:16) at (2) bilang katawan ng katotohanan (cf. II Juan 9-10; I Corinto 15:1-4; Judas 3). Pareho sa mga gawang ito ay ipinamamagitan ng Banal na Espiritu.

▣ **"at hindi ninyo kailangang kayo'y turuan ng sinoman"** Ang talatang 27 ay kahanay sa v. 20 (i.e., ang Bagong Tipanan, cf Jeremias 31:34). Si Juan ay gumagamit ng pabalik balik na mga paksa (vv. 20,24,27). Ang Banal na Espiritu, hindi ang mga bulaang mga guro ng Nostik, ang ating sukdulan at kailangang kailangan na guro (cf. Juan 14:26). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugan na ang katungkulan at regalo ng guro ay hindi aktibo sa sinaunang iglesya at sa ngayon (cf. Efeso 4:11; Mga Gawa 13:1; I Corinto 12:28). Ito ay simpleng nangangahulgan na ang karaniwang mga bagay patungkol sa kaligtasan ay nagmumula sa Banal na Espiritu at sa Bibliya, hindi mula sa anumang natatangi, pinagkalooban, makataong guro, bagamat Siya ay madalas na ginagamit ang mga ito bilang isang paraan.

▣ **"nguni't kung paanong kayo'y tinuturuan ng Kaniyang pahid tungkol sa lahat ng mga bagay, at siyang totoo, at hindi kasinungalingan"** Ito ay tumutukoy sa espritwal na katotohanan. Ang bawat Kristyano ay may Banal na Espiritu na gumagabay sa kanyang konsensya. Dapat tayong maging sensitibo sa mahinahong pangungna ng Espiritu sa lugar ng katotohanan at etika.

▣ **"at kung paanong kayo'y tinuruan nito, ay gayon kayong nananahan sa Kaniya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Si Juan ay gumagamit ng konsepto ng "manatili" ng malawak sa sulat na ito bilang sangkap ng pananampalatayang katiyakan para sa kanyang mga mambabasa (cf. Juan 15). Ang biblikal na pananampalataya ay isang tipanan na ang Diyos nagdadala ng pangunguna at naglalatag ng mga adhendya, ngunit ang mga tao ang dapat magpasimulang tumugon at magpatuloy ( manatili)! Mayroong parehong banal na aspeto at makataong aspeto na nasasangkot sa pananatili. Tignan Natatanging Paksa: Pananatili sa 2:10.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ilarawan ang mga paniniwala ng mga bulaang guro.
2. Magbigay ng katibayan upang malaman natin na tayo ay tunay na natubos.
3. Ipaliwanag ang ugnayan sa pagitan ng kinagawiang kasalanan at ilang mga gawa ng kasalanan.
4. Ipaliwanag ang ugnayan sa pagitan ng pagsusumigasig ng banal at ang katiyakan o seguridad ng mananampalataya
5. Ilista at ipaliwanag ang tatlong kaaway ng tao.

# I JUAN 2:28-3:24

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Mga Anak ng Diyos (2:28-3:10) | Mga Anak ng Diyos | Katapatan sa Tunay na Pananampalataya (2:18-29) | Ang Kaaway ni Kristo (2:18-29) | Ang Mamuhay ng Gaya ng Anak ng Diyos (2:29-4:6) |
| 2:28-3:3 | 2:28-3:3 | 2:28 | 2:28-29 | |
| | | 2:29 | Mga Anak ng Diyos | 2:29-3:2 |
| | | Ang Magulang sa Anak na Ugnayan na Naipahayag sa Tamang Pag-uugali | | |
| | | 3:1-10 | 3:1-3 | Unang Kondisyon: Ang Mahiwalay sa Kasalanan 3:3-10 |
| | Ang Kasalanan at ang Anak ng Diyos | | | |
| 3:4-10 | 3:4-9 | | 3:4-6 | |
| | | | 3:7-8 | |
| | Ang Kautusan ng Pag-ibig | | 3:9-10 | |
| Magmahalan sa Bawat Isa | 3:10-15 | Pag-ibig para sa Bawat Isa | Magmahalan sa Bawat Isa | Ikalawang Kondisyon: Ang Tupdin ang mga Kautusan, Lalo na ang Buhay |
| 3:11-18 | | 3:11-18 | 3:11-12 | 3:11-24 |
| | Ang Paglabis ng Pag-ibig | | 3:13-18 | |
| Ang Katapangan sa Harap ng Diyos | 3:16-23 | Ang Kristyanong Katiyakan | Tapang sa Harap ng Diyos | |
| 3:19-24 | Ang Espiritu ng Katotohanan at ang Espiritu ng Kamalian | | 3:19-24 | 3:19-24 |
| | 3:24-4:6 | | | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KAUGNAY NA KAHULUGAN

A. Ang kabanata 2 ay inaaatas sa huwad na guro ng mga Gnostik(lalo na ang Docetic na mgaGnostik na nagtatanggi sa pagiging tao ni Hesus).

B. Ang kabanata 3 ay nagpapatuloy na nagpapahiwatig sa mga huwad na guro na naghihiwalay sa kaligtasan (inaring ganap) mula sa etika at moralidad (pagpapaging banal). Subalit ang kabanata 3 ay tumatalakay din sa mananampalataya ng deretsahan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 2:28-3:3

**[28]At ngayon, mumunti kong mga anak, manahan kayo sa kaniya; upang, kung siya'y mahayag, ay magkaroon kayo ng pagkakatiwala, at huwag tayong mangapahiya sa harapan niya sa kaniyang pagparito [29] Kung nalalaman ninyong siya'y matuwid, nalalaman naman ninyo na ang bawa't gumagawa ng katuwiran ay ipinanganak niya.**
**[3:1]Masdan ninyo kung gaanong pagibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tayo'y mangatawag na mga anak ng Diyos [2]Mga minamahal, ngayon ay mga anak tayo ng Diyos, at hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo. Nalalaman natin, na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya: sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili. [3]At sinomang mayroon ng pagasang ito sa kaniya ay naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman niyang malinis.**

**2:28** Mayroong matinding diskusyon sa gitna ng mga komentarista sa kung ang bagong talataan ay dapat magsimula sa talata 28, 29, o 3:1. Sapagkat ang pag-uulit sa pagitan ng vv. 27 at 28, ang talataang pagkakabahagi ay dapat marahil mapunta dito

▣ **"mumunti kong mga anak"** Tignan puna sa 2:1.

▣ **"manahan kayo sa Kaniya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS. Ito ang ikatlong PANGKASALUKUYANG PAUTOS na ginamit upang ipakalat ang Kristyanong pagtitiis (cf. vv. 15,24). Tignan Natatanging Paksa: Ang Pangangailangan ng Pagtitiis sa Juan 8:31 at Ang Pananatili sa I Juan 2:10.

Ang pinagmulan ng mga PANGHALIP ay madalas na napakahirao na makilala, ngunit sa talataang ito, sila ay kapansin pansin.

1. "sa Kanya," v. 28a – Hesus
2. "mula sa Kanya," v. 28b – Hesus
3. "Kanya," v. 28b – Hesus
4. "Siya ay matuwid," v. 29 – ang Ama
5. "ipinanganak Niya," v. 29 – ang Ama (tignan puna )
6. "nakikilala Niya," 3:1 – ang Ama (cf. Juan 15:21; 16:2-3)
7. "Siya'y nahayag," 3:2 – Hesus
8. "gaya Niya," 3:2 – Hesus
9. "nakikita Siya," 3:2 – Hesus
10. "Siya ay," 3:2 – Hesus
11. "sa Kanya," 3:3 – Hesus
12. "gaya Niyang Malinis," 3:3 – Hesus

Konteksto, konteksto, konteksto!

▣ **"kung Siya'y mahayag"** Ito ay isang IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP, gaya ng sa v. 29, at gayun din ang "kapag si Hesus ay babalik" ng 3:2. Hindi ito nagnanais na maghatid ng walang katiyakang pangyayari, ngunit kawalang katiyakan ng panahon (kagaya ng sa pagkakagamit ng NT sa salitang "pag-asa," cf. 3:3).

▣ **"ay magkaroon kayo ng pagkakatiwala"** Ang Griyegong salita para sa "katapangan o kompiyansa " (*parrhēsia*) ay mula sa ugat na "magsalita ng may kalayaan." Ang katiyakan ay isang pangkasalukuyang pamumuhay na nakabatay sa kaalaman ng mananampalataya at sa pagtitiwala sa ebanghelyo Hesukristo.

Tignan Natatanging Paksa: Pagiging Matapang sa Juan 7:4.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"at huwag tayong manliit sa harap Niya sa kahihiyan"** |
| **NKJV** | **"huwag tayong mangapahiya sa harapan niya"** |
| **NRSV** | **" at mailagay sa kahihiyan sa harap niya"** |
| **TEV** | **"at magtago sa kahihiyan mula sa kanya"** |
| **NJB** | **"at hindi manliit mula sa kanya dahil sa kahihiyan"** |

Ito ay isang AORIST BALINTIYAK (deponente) PASAKALI na nangangahulugan na ito ay maaring maunawaan sa
1. ang mananampalataya mismo sa kanyang sarili ay nahiya (NASB, TEV, NJB)
2. ang mananampalataya ay ginawang kahiya hiya (NRSV)

Ang mga mananampalataya ay tignan ng kagalakan ang pagbabalik ni Kristo, ngunit yaong mga namumuhayt ng makasarili, makamundong mga paraan ay siguradong masusurpresa at mapapahiya sa Kanyang paglitaw! Magkakaroon ng paghuhukom para sa mga mananampalataya (cf. II Corinto 5:10).

**"sa Kaniyang pagparito"** Ito ay pantukoy sa Ikalawang Pagdating. Ang salitang ito na, *Parousia*, ay ginamit lamang dito sa lahat ng mga kasulatan ni Juan at mayroong konotasyon ng napipintong maharlikang pagbisita.

Sa literal ito ay "hanggang sa *Parousia,*" na ang ibig sabihin ay "presensya" at ginamit sa maharlikang pagbisita. Ang ibang NT na mga salita na ginamit para sa Ikalawang Pagdating ay mga
1. *epiphaneia,* "mukha sa mukha na pagkikita"
2. *apokalupis*, "paglalantad"
3. "ang Araw ng Panginoon" at mga pagkakaiba ng pariralang ito

## NATATANGING PAKSA: MGA SALITA SA NT PARA SA PAGBABALIK NI KRISTO

Ang ekastolohikal na pagbibigay diin sa natatanging araw ng pagdating na kelan ang mga tao ay makakatagpo si Hesus (bilang Tagapagligtas at Hukom) ay sumusulong sa ilang mga designasyon sa mga kasulatan ni Pablo.
1. "ang araw ng ating Panginoong Hesukristo" (cf. I Corinto 1:8)
2. "ang araw ng Panginoon" (cf. I Corinto 5:5; I Thesalonica 5:2; II Thesalonica 2:2)
3. "ang araw ng Panginoon Hesus" (cf. II Corinto 1:14 MS א has "Panginoon Hesus" in I Corinto 5:5)
4. "ang araw ni Hesukristo" (cf. Filipos 1:6)
5. "ang araw ni Kristo" (cf. Filipos 1:10; 2:16)
6. "ang Kanyang araw (Anak ng Tao)" (cf. Lucas 17:24)
7. "ang araw na ang Anak ng Tao ay mahahayag" (cf. Lucas 17:30)
8. "ang kapahayagan ng ating Panginoon Hesukristo" (cf. I Corinto 1:7)
9. "kapag ang Panginoon Hesus ay maihahayag mula sa kalangitan" (cf. II Thesalonica 1:7)
10. "sa presensya ng Panginoon Hesus at sa Kanyang pagdating" (cf. I Thesalonica 2:19)

Mayroong higit sa apat na mga paraan na kung saan ang mga may akda ng NT ay tumutukoy sa pagbabalik ni Hesus.
1. *epiphaneia*, na tumutukoy sa nakasisilaw na kaliwanagan na sa teolohikong ay (bagamat hindi etimolohikal) na may kaugnayan sa "kaluwalhatian". Sa II Timoteo 1:10; Tito 2:11 at 3:4 ito ay tumutukoy sa unang pagdating ni Hesus(i.e., pagkakatawang tao) at Kanyang Ikalawang pagdating. Ito ay ginamit sa II Thesalonica 2:8 na sumasakop sa lahat ng pangunahing mga salita para sa Ikalawang Pagdating: I Timoteo 6:14; II Timoteo 4:1,8; Tito 2:13.
2. *parousia*, na nagpapahiwatig ng presensya at orihinal na tumutukoy sa isang maharlikang pagbisita. Ito ang pinakamaraming ginamit na salita (cf. Mateo 24:3,27,37,39; I Corinto 15:23; I Thesalonica 2:19; 3:13; 4:15; 5:23; II Thesalonica 2:1,8; Santiago 5:7,8; II Pedro 1:16; 3:4,12; I Juan 2:28).
3. *apokalupsis* (o *apocalypsis*), na ang ibig sabihin ay paglalantad para sa layunin ng pagpapahayag. Ito ang pangalan ng huling aklat sa NT (cf. Lucas 17:30; I Corinto 1:7; II Thesalonica 1:7; I Pedro 1:7; 4:13).
4. *phaneroō* , na ibig sabihin ay dalhin sa liwanag o malinaw na ipahayag o ipakita. Ang salita ay ginamit ng madalas sa NT para sa maraming mga aspeto ng kapahayagan ng Diyos. Ito, gaya ng *epiphaneia*, ay maaring tumutukoy sa unag pagdating ni Kristo (cf. I Pedro 1:20; I Juan 1:2; 3:5,8; 4:9) at sa Kanyang Ikalawang Pagdating(cf. Mateo 24:30; Colosas 3:4; I Pedro 5:4; I Juan 2:28; 3:2).
5. Ang napakakaraniwang salita para sa "pagdating," *erchomai*, ay ginamit rin ng paminsan-minsan para sa pagbabalik ni Kristo (cf. Mateo 16:27-28;23:39; 24:30; 25:31; Mga Gawa 1:10-11; I Corinto 11:26; Pahayag 1:7,8).
6. Ito rin ay ginamit kasama ang pariralang "araw ng Panginoon" (cf. I Thesalonica 5:2), na siyang OT na titulo para sa araw ng pagpapala ng Diyos (muling pagkabuhay) at paghuhukom.

Ang NT sa kabuuan ay isinulat sa loob ng pananaw ng OT, na nagsasaysay ng
a. isang kasalukuyang, mapaghimagsik na panahon
b. isang paparating na bagong panahon ng katuwiran
c. ang panahon na dinala ng kinatawan ng Espiritu sa pamamagitan ng gawa ng Mesias (Ang Isang Pinahiran)

Ang teolohikong pagpapalagay ng progresibong kapahayagan ay kailangan sapagkat ang mga may akda ng NT ay bahagyang binago ang pag-aasam ng Israel. Sa halip na isang military, makabayan (Israel) na pagdating ng Mesias, mayroong dalawang pagdating. Ang unang pagdating ay pagkakatawang tao ng Diyos sa konsepsyon at kapanganakan ng Hesus ng Nazareth. Siya ay dumating bilang hindi makamilitar, hindi makahukom na "matiising tagapaglingkod" ng Isa. 53; at

saka ang banayad na sumasakay sa bisiro ng asno( hindi isang pandigmang kabayo o makaharing mola), ng Zacarias 9:9. Ang unang pagdatin ay pinasinayaan ng Bagong Makamesyas na Panahon, ang Kaharian ng Diyos sa mundo. Sa isang pakahulugan ang Kaharian ay narito, ngunit syempre, sa iba ito ay malayo pa rin. Itong tension na ito sa pagitan ng dalawang mga pagdating ng Mesias na kung saan, sa pakahulugan, ay ang pagsasanib ng dalawang Makahudyong panahon na hindi nakikita, o hindi malinaw, mula sa OT. Sa realidad, ang dalawahang pagdating na ito ay nagbibigay diin sa pagiging tapat sa pangako ni YHWH na tubusin ang lahat ng tao (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5 at ang pangangaral ng mga propeta, lalo na sina Isaias at Jonah).

Ang iglesya ay hindi naghihintay para sa katuparan ng propesiya ng OT sapagkat karamihan sa mga propesiya ay tumutukoy sa unang pagdating (cf *How to Read the Bible For All Its Worth*, pp. 165-166). Ang inaabangan ng mga mananampalataya ay maluwalhating pagdating ng muling nabuhay na Hari ng mga Hari at Panginoon ng mga Panginoon, ang inasam na makasaysayang katuparan ng bagong panahon ng katuwiran sa mundo na gaya sa langit (cf. Mateo 6:10). Ang OT na mga presentasyon ay wasto ngunit, hindi kompleto. Siya ay darating muli na gaya ng hinula ng mga propeta sa kapangyarihan at awtoridad ni YHWH.

Ang Ikalawang Pagdating ay hindi biblikal na salita, ngunit ang konsepto ay isang pananaw sa mundo at balangkas ng buong NT. Ang Diyos ang magtatakda ng lahat ng ito ng tuwiran. Ang pakikisama sa pagitan ng Diyos at sangkatuahan ay ginawa ayon sa Kanyang imahe ay muling mapapanumbalik. Ang kasamaan ay hahatulan at aalisin. Ang layunin ng Diyos ay hindi, di pwedeng, mabigo!

**2:29 "Kung"** Ito ay isang IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nangangahulugan ng potensyal na pagkilos. Dito ito aytumutukoy sa pinalagay na kaalaman na ang mga mananampalataya ay kabahagi, ngunit ang huwad na guro ay hindi nakita ito.

▣ **"nalalaman ninyong** Sa gramatikal na anyo ito ay alinman sa PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO, na nagsasaad ng nagpapatuloy na kaalaman, o isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na nagsasabi sa kinakailangang kaalaman ng mananampalataya. Ang pagkakagamit ni Juan ng "nalalaman" bilang pinanghahawakan ng lahat ng mayroon ang Espiritu ay nagdidikta na ito ay isang INDIKATIBO.

▣ **"Siya"** Ito ay tumutukoy kay Hesus (cf. 2:1, 28; 3:7. Gayunpaman, ang huling PANGHALIP "ipinanganak Niya" ay parang tumutukoy sa Diyos Ama sapagkat ang pariralang "ipinanganak ng Diyos" ay madalas na ginagamit (cf. 3:9; 4:7; 5:1,4,18; Juan 1:13).

▣ **" matuwid. . .katuwiran"** Ito ay inaasahang pamilyang katangian!

## NATATANGING PAKSA: KATUWIRAN

"Katuwiran" ay lubhang krusyal na paksa na ang estudyante ng Bibliya ay dapat gumawa ng matinding personal na pag-aaral sa konsepto.

Sa OT ang katangian ng Diyos ay inilarawan bilang "makatarungan" o "matuwid" (BDB 841). Ang Mesopotamiang salita mismo ay nagmula sa tambo ng ilog na ginamit bilang konstruksyong kagamitan upang hatulan ang pahalang na katuwidan ng mga haligi at bakod. Ang Diyos ay pinili ang salita upang gamitin ng metaporikal para sa Kanyang sarili kalikasan. Siya ay tuwid na pinuno na ang lahat ay hinuhusgahan. Ang konseptong ito ay nagsasaysay sa katuwiran ng Diyos gayun din ang Kanyang wastong paghahatol.

Ang tao ay nilalang ayon sa wangis ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:1,3; 9:6). Ang sangkatauhan ay nilikha para sa pakikisama sa Diyos. Lahat ng nilikha ay isang entablo o senaryo para sa interaksyon ng Diyos at sangkatauhan. Ang Diyos ay nagnais na ang Kanyang pinkamataas na nilikha, ang sangkatauhan, ay makilala Siya, mahalin Siya, paglingkuran Siya, ang maging kagaya Niya! Ang katapatan ng sangkatauhan ay nasubukan(cf. Genesis 3) at ang orihinal na mag-asawa ay nabigo sa pagsubok. Ito ay nagbunga ng pagkabuwag ng ugnayan sa pagitan ng Diyos at mga tao (cf. Genesis 3; Roma 5:12-21).

Ang Diyos ay nangako na aayusin at papanumbalikin ang samahan (cf. Genesis 3:15). Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng Kanyang sariling kalooban at Kanyang sariling Anak. Ang mga tao ay walang kakayanang mapanumbalik ang pagkakasira (cf. Roma 1:18-3:20).

Pagkatapos ng Pagbagsak, ang unang hakbang ng Diyos patungo sa pagpapanumbalik ay konsepto ng tipanan batay sa Kanyang paanyaya at nagsisisi, matapat, at masunuring pagtugon ng sankatauhan. Sapagkat dahil sa Pagbagsak, ang mga tao ay nawalan ng kakayahan na nararapat na pagkilos (cf. Roma 3:21-31; Galacia 3). Ang Diyos mismo ay kailangan gumawa ng paunang pagkilos upang mapanumbalik ang mapanirang tipanang mga tao. Ginawa Niya ito sa pamamagitan ng

1. <u>pagdedeklara</u> na ang sangkatauhan ay matuwid sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., legal na katuwiran).
2. <u>malayang pagbibigay</u> sa sangkatauhan ng katuwiran sa pamamagitan ng gawa ni Kristo (i.e., ibinintang na katuwiran).
3. pagkakaloob ng nananahang Espiritu na gumagawa ng katuwiran (i.e., pagiging wangis ni Kristo, ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos) sa sangkatuhan.

Gayunpaman, Diyos ay nangangailangan ng tipanang pagtugon. Ang Diyos ay nag-uutos (i.e., libreng ibinigay) at nagbibigay, ngunit ang mga tao ay dapat na tumugon at magpatuloy na tumugon sa

1. pagsisisi
2. pananampalataya
3. pamumuhay na pagsunod
4. pagtitiis

Katuwiran, samaktuwid, ay isang tipanang, nagpapalitang pagkilos sa pagitan ng Diyos at ng Kanyang pinakamataas na nilikha. Batay sa karakter ng Diyos, ang gawa ni Kristo, at ang pagpapalakas ng Espiritu, na ang bawat indibidwal ay dapat personal at patuloy na tumugon ng nararapat. Ito ang konsepto na tinawag na "pagbibigay katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya o pag-aaring ganap." Ang konsepto ay ipinahayag sa mga Ebanghelyo, ngunit hindi sa mga salitang ito. Ito paunang ipinaliwanag ni Pablo, na gumagamit ng Griyegong salita na "katuwiran" sa ibat-ibang mga anyo na nito na higit sa 100 beses.

Si Pablo, na sinanay bilang rabi, gumagamit ng salita *dikaiosunē* sa Hebreong pakahulugan nito sa salitang *SDQ* ginamit ang Septuagint, hindi mula sa Griyegong literatura. Sa Griyegong mga kasulatan ang salita ay konektado sa isang tao na sumusunod sa mga inaasahan ng Diyos at lipunan. Sa Hebreong pakahulugan it ay laging nakaistruktura sa tipanang mga salita. Si YHWH ay makatarunga, etikal, at moral na Diyos. Nais Niya na ang Kanyang mga tao ay magpakita ng Kanyang karakter. Ang tinubos na sangkatauhan ay nagiging bagong nilalang. Ang kabaguhang ito ay nagreresulta ng bagong makadiyos na pamumhay (ang Romano Katoliko ay nakapokus sa pag-aaring ganap). Dahil sa ang Israel ay teokrasya walang malinaw na guhit-balangkas sa pagitan ng secular ( o mga pamantayan ng lipunan) at sa sagrado ( kalooban ng Diyos). Ang pagkkakaibang ito ay ipinahayag sa Hebreo at Griyegong mga salita na siyang isinalin sa Englishna "katarungan" (na inuugnay sa lipunan) at "katuwiran" (na inuugnay sa relihiyon).

Ang ebanghelyo (mabuting balita) ni Hesus ay ang makasalanang sangkatauhan ay muling napanumbalik sa pakikisama sa Diyos. Ito ay natapos sa pamamagitan ng pag-ibig, awa, at biyaya ng Ama; ang buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Anak; at ang pag-anyaya, at pagdadala ng Espiritu sa ebanghelyo. Ang pag-aaring ganap ay libreng pagkilos ng Diyos, ngunit ito ay dapat na umusbong sa pagiging makadiyos (ang posisyon ni Augustine, na nagpapakita ng parehong pagbibigay diin ng Repormasyon at sa kawalang bayad ng ebanghelyo at sa pagbibigay diin ng Romano Katoliko sa binagong buhay ng pag-ibig at katapatan). Para sa mga Repormers ang salita "ang katuwiran ng Diyos" ay isang OBHECTIBO DYENITIBO (i.e., ang pagkilos na gumagawa sa makasalanang sanlibutan na katanggap-tanggap sa Diyos [posisyonal na pagpapaging-banal], habang para sa mga Katoliko ito ay isang PASAKALI DYENITIBO, na proseso ng pagiging mas katulad ng Diyos [pangkaranasang progresibong pagpapaging-banal]. Sa realidad ito ay parehong totoo!!)

Sa aking pananaw lahat ng sa Bibliya mula sa Genesis 4 - Pahayag 20 ay isang tala ng pagpapamunbalik ng Diyos sa samahan sa Eden. Ang Bibliya ay nagsimula sa Diyos at sangkatauhan na nasa pakikisama sa isang mundong tagpuan (cf. Genesis 1-2) at ang Bibliya ay magtatapos sa kaparehong tagpuan (cf. Pahayag 21-22). Ang imahe ng Diyos at layunin ay mapapanumbalik!

Upang isadokumento ang nasa itaas na talakayan pansinin ang mga sumusunod na piniling sipi ng NT na nagpapakita ng Griyegong grupong salita.

1. Ang Diyos ay matuwid (madalas iuugnay sa Diyos bilang Hukom)
   a. Roma 3:26
   b. II Thesalonica 1:5-6
   c. II Timoteo 4:8
   d. Pahayag 16:5
2. Si Hesus ay matuwid
   a. Mga Gawa 3:14; 7:52; 22:14 (title of Messiah)
   b. Mateo 27:19
   c. I Juan 2:1,29; 3:7
3. Ang kalooban ng Diyos para sa Kanyang nilikha ay katuwiran
   a. Levitico 19:2
   b. Mateo 5:48 (cf. 5:17-20)
4. Ang paraan ng Diyos para sa pagbibigay at paggawa ng katuwiran ay
   a. Roma 3:21-31
   b. Roma 4
   c. Roma 5:6-11
   d. Galacia 3:6-14
   e. Ibinigay ng Diyos
      1) Roma 3:24; 6:23
      2) I Corinto 1:30

3) Efeso 2:8-9

f. Tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya

1) Roma 1:17; 3:22,26; 4:3,5,13; 9:30; 10:4,6,10
2) II Corinto 5:7, 21

g. Sa pamamagitan ng mga gawa ng Anak

1) Roma 5:21
2) II Corinto 5:21
3) Filipos 2:6-11

5. Kalooban ng Diyos na ang Kanyang mga tagasunod ay maging matuwid

a. Mateo 5:3-48; 7:24-27
b. Roma 2:13; 5:1-5; 6:1-23
c. I Timoteo 6:11
d. II Timoteo 2:22; 3:16
e. I Juan 3:7
f. I Pedro 2:24

6. Ang Diyos ay maghahatol sa mundo sa pamamagitan ng katuwiran

a. Mga Gawa 17:31
b. II Timoteo 4:8

Ang katuwiran ay katangian ng Diyos, walang bayad na ibinigay sa makasalanang sangkatauhan sa pamamagitan ni Kristo. Ito ay

1. kautusan ng Diyos
2. regalo ng Diyos
3. isang pagkilos ni Kristo

Ngunit ito rin ay proseso ng pagiging matuwid na dapat na masigla at matimtimang tinutugis, na baling araw ay mararanasan sa Ikalawang Pagdating. Ang pakikisapa sa Diyos ay napanumbalik sa kaligtasan ngunit nagproprogreso sa buong buhay sa pamamagitan ng mukha sa mukha na engkwentro sa kamatayan o sa *Parousia*!

Narito ang mabuting sipi para sa talakayang ito. Ito ay kinuha mula sa *Dictionary of Pauland His Letters* mula sa

> IVP "Si Calvin, na gaya din ni Luther, ay nagbibigay diin sa pangrelasyong aspeto ng katuwiran ng Diyos. Ang pananaw ni Luther sa katuwiran ng Diyos ay waring naglalalaman ng aspeto ng pagwawalang sala. Si Calvin ay nagbibigay diin sa kamangha manghang kalikasan ng paghahatid o pagbabahagi ng katuwiran ng Diyos sa atin" (p. 834).

Para sa akin pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos ay mayroong tatlong mga aspeto.

1. ang ebanghelyo ay isang persona (pagbibigay diin ng mga Silanganin Iglesya at si Calvin)
2. ang ebanghelyo ay isang katotohanan (pagbibigay diin ni Augustine at Luther)
3. ang ebanghelyo ay isang binagong buhay (pagbibigay diin ng Katoliko)

Silang lahat ay totoo at dapat na hawakan ng sama sama para sa malusog, malalim, na biblikal na Kristyanismo.

Kung alinman sa kanila ang labis na nabigyan halaga o pinababa, ang mga problema ay lilitaw.

Dapat nating tanggapin si Hesus!

Dapat nating paniwalaan ang ebanghelyo!

Dapat nating tugisin ang pagiging wangis ni Kristo!

▣ **"ipinanganak"** Ito ay isang GANAP NA PABALINTYAK INDIKATIBO na ibig sabihin ay matatag na condition na dinala sa pamamagitan ng panlabas na kinatawan, ang Diyos Ama (cf. Juan 3:3). Pansinin ang gamit ng isa pang pampamilyang metapora (cf. 3:9) upang ilarawan ang Kristyanismo (ito ay pamilya). Tignan puna sa 3:1d.

**3:1 "Masdan ninyo kung gaanong pagibig"** Ang mga salita para sa pag-ibig na ginamit dito at sa kabuuang I Juan ay *agapaō* (PANDIWA) o *agapē* (PANGALAN, cf. 2:5,15;3:1,16,17; 4:7,8,9,10,12,16,17,18; 5:3). Ang salitang ito ay ginamit sa Klasikal na Griyego, ngunit hindi madalas. Tila ang sinauang iglesya ay muling binigyan paliwanag ito ayon sa ebanghelyo. Ito ay dumating upang katawanin ang isang malalim na nananatiling pag-ibig. Hindi marangal na sabihing "isang makadiyos na uri ng sariling pagbibigay na pag-ibig" sapagkat sa Ebanghelyo ni Juan ito ay ginamit na magkasingkahulugan sa *phileō* (cf. Juan

5:20; 11:3,36; 12:25; 15:19; 16:27; 20:2;21:15,16,17). Gayunpaman, kapansin pansin na lagi itong ginamit (sa I Juan) na may kaugnayan sa mananampalataya na nagmamahal sa mananampalataya. Ang pananampalataya at pakikisama kay Hesus ay bumabago sa pakikipagrelasyon sa Diyos at sa sangkatauhan!

▣ **"ang ipinagkaloob sa atin ng Ama"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO. Ang paggamit sa PAMANAHONG ay may kinalaman sa regalo ng Diyos na kaligtasan kay Kristo ay isang biblikal na basehan para sa doktirna ng kasiguraduhan ng mananampalataya (cf. Juan 6:35-40; 10:1ff; Efeso 2:5,8; 5:1). Tignan Natatanging Paksa: Kristyanong Katiyakan sa Juan 6:37.

## NATATANGING PAKSA: BAGONG TIPAN NA KATIBAYAN PARA KALIGTASAN NG ISA

Ito ay batay sa Bagong Tipanan (cf. Jeremias 31:31-34; Ezekiel 36:22-38) kay Hesus:

1. Ang karakter ng Ama (cf. Juan 3:16), ang gawa ng Anak (cf. II Corinto 5:21), at ang ministeryo ng Espiritu (cf.Roma 8:14-16) hindi sa makataong pagsasagawa, hindi sahod dahil sa pagsunod, hindi lamang kredo
2. Ito ay regalo (cf. Roma 3:24; 6:23; Efeso 2:5,8-9)
3. Ito ay bagong buhay, isang bagong pananaw sa mundo (cf. Santiago at I Juan)
4. Ito ay karunungan (ang ebanghelyo), pakikisama (pananampalataya sa at kay Hesus), at bagong pamumuhay (pinangungunahan ng Espiritung pagiging wangis ni Kristo) lahat ng tatlo, hindi lamang alinman sa kanila
5. Tignan ang mga pagsusuri sa tunay na kaligtasan sa Kontekstowal na mga Kaunawaan sa I Juan 2:3-27, C.

▣ **"upang tayo'y mangatawag"** This is an AORIST BALINTIYAK PASAKALI which is used in the sense of an honorific title ("children of Diyos") given by Diyos.

▣ **"na mga anak ng Diyos"** Ito ang pokus ng 2:29-3:10. Ito ang nagpapatunay na sa pagpapasimula ng Diyos para sa ating kaligtasan (cf. Juan 6:44,65). Si Juan ay gumagamit ng pampamilyang mga salita upang ilarawan ang bagong pakikipagrelasyon ng mga mananampalataya sa Diyos (cf. 2:29; 3:1,2,9,10; Juan 1:12).

Nakakawiling tignan na si Juan (cf. Juan 3:3) at Pedro(cf. I Pedro 1:3,23) ay gumamit ng pampamilyang metapora "ipinanganak muli" o "ipinanganak mula sa itaas," habang si Pablo ay gumagamit ng pampamilyang metapora na "adopsyon" (cf. Roma 8:15,23; 9:4; Galacia 4:1-5; Efeso 1:5) at si Santiago ay gumagamit ng pampamilyang metapora na "kapanganakan" (cf. Santiago 1:18) o "pagluluwal o panganganak" upang ilarawan ang bagong pakikipagrelasyon ng mananampalataya sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo. Ang Kristyanismo ay isang pamilya.

▣ **"at tayo'y gayon nga"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN INDIKATIBO. Ang pariralang ito ay hindi natagpuan sa King James Version ng Bibliya sapagkat ito ay hindi isinama sa mga nahuling mga Griyegong manuskripto (i.e., K at L) kung saan ang KJV ay ibinase. Gayunpaman, ang pariralang ito ay hindi lumitaw sa ilang sa pinakamaraming sinaunang mga Griyegong manuskripto ($P^{47}$, א, A, B, at C). Ang $UBS^4$ ay nagbibigay ng inklusyong ito ng "A" na marka (tiyak). Tignan Apendise Ikalawa sa Tekstwal na Kritisismo.

▣ **"hindi tayo nakikilala ng sanglibutan"** Ang salitang "sanglibutan" ay ginamit sa teolohikong na kagaya ng paraan sa 2:15-17. Ang mundo o sanglibutan ay nagpapahiwatig ng lipunang inorganisa at gumagawa na hiwalay sa Diyos (cf. Juan 15:18-19; 17:14-15). Ang pagmamalupit at pagtatakwil ng mundo ay isa na naming katunayan n gating posisyon kay Kristo (cf. Mateo 5:10-16).

▣ **"sapagka't Siya'y hindi nakilala nito"** Ito ay waring pantukoy sa Diyos Ama sapagkat sa Ebanghelyo ni Juan si Hesus nagsasalita ng paulit ulit na ang mundo ay hindi nakakakilala sa Kanya (cf. Juan 8:19,55; 15:18,21; 16:3). Ang mga PANGHALIP sa I Juan ay mga malalabo (tignan puna sa 2:28). Sa konteksto ito ang gramatikal na antesedente ay ang Ama, ngunit ang teolohikong pantukoy sa v. 2 ay ang Anak. Gayunpaman, sa Juan ito marahil ay puno ng layuning kalabuan sapagkat ang Makita si Hesus ay ang Makita ang Ama (cf. Juan 12:45; 14:9).

**3:2 "hindi pa nahahayag kung magiging ano tayo"** Ito ay nagpapakita sa kawalang kakayahan ni Juanna ilarawan ang huing panahong mga tagpuan (cf. Mga Gawa 1:7) o ang wastong kalikasan ng muling binuhay na katawan (cf. I Corinto 15:35-49). Ito rin ay nagpapakita na ang 2:27 hindi nangangahulugang matinding karunungan sa lahat ng lugar. Maging ang karunungan ni Hesus sa tagpong ito ay limitado habang Siya ay nasa nagkatawang tao (cf. Mateo 24:36; Marcos 13:22).

▣ **"na kung Siya'y mahayag"** Ang salitang "kung" ay nagpapakilala ng IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Ginamit ito dito hindi upang tanungin ang Ikalawang Pagdating, ngunit upang ipahayag ang kawalang katiyakan ng petsa. Si Juan, bagamat nagbibigay diin sa buong kaligtasan ngayon, ay umaasa rin ng Ikalawang Pagdating.

▣ **"tayo'y magiging katulad niya"** Ito'y nagsasangkot n gating pagiging wangis ni Kristo (cf. II Corinto 3:18; Efeso 4:13; Filipos 3:21; at Colosas3:4). Ito ay madalas na tinatawag na"pagluluwalhati" (cf. Roma 8:28-30). Ito ang paghantong ng ating kaligtasan! Ang ekatolishistikal na transpormasyon ay may kaugnayan sa buong pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos na nilalang ayon sa Kanyang wangis (cf. Genesis 1:26; 5:1,3; 9:6). Ang matalik na pakikisama sa Diyos ay muling posible!

▣ **"sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili"** Si Job ay nananabik na makita ang Diyos (cf. Job 19:25-27). Sinabi ni Hesus sa atin na ang dalisay na puso ay makakakita sa Diyos (cf. Mateo 5:8). Ang makita Siya sa Kanyang kapunuan ay nangangahulugang na tayo ay mababago rin ng ayon sa Kanyang wangis(cf. I Corinto 13:12). Ito ay tumutukoy sa pagluluwalhati ng mananampalataya (cf. Roma 8:29) sa Ikalawang Pagdating. Kung ang "pag-aaring ganap" ay nangangahulugan ng kalayaan mula sa kaparusahan ng kasalanan ang " pagpapaging-banal" ay nangangahulugan ng kalayaaan mula sa kapangyarihan ng kasalanan, samakatwid, ang "pagluluwalhati" ay nangangahulugan ng kalayaan sa presensya ng kasalanan!

**3:3 "sinomang"** Ang Griyegong salita na *pas* ay lumabas ng pitong beses mula sa 2:29 hanggang 3:10. Walang hindi kasama. Si Juan ay nagpresenta ng katotohanan sa payak, itim-o-putting mga kategorya. Ang isa ay alin sa anak ng DIyos o ang anak ni Satanas (cf. 2:29; 3:3,4,6 [dalawang beses,9,10).

▣ **"pagasang ito"** Kay Pablo ang salita ay madalas na tumutukoy sa Araw ng Muling Pagkabuhay (cf. Mga Gawa 23:6; 24:15; 26:6-7; Roma 8:20-25; I Thesalonica 2:19; Tito 2:13; I Pedro 1:3,21). Ito ay nagpapahayag ng katiyakan ng pangyayari, ngunit mayroong kalabuan sa element ng oras.

Si Juan ay hindi nagsasalita sa "ang pag-asa " ng Ikalawang Pagdating na gaya na binabanggit ng ibang mga NT na may akda. Ito lamang ang paggamit ng salita sa kanyang mga kasulatan. Nagpopokus siya sa benepisyo at obligasyon ng " pananatili" kay Kristo ngayun! Gayunpaman, hindi ito nagpapahiwatig na hindi siya nag-aasam ng huling-panahong paghuhukom (cf. 2:18) at huling-panahong pagluluwalthati ng mananampalataya (cf. 3:1-3).

▣ **"naglilinis sa kaniyang sarili, gaya naman Niyang malinis"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Ang kalinisan ay mahalaga (cf. Mateo 5:8,48). Dapat tayong makipagtulungan sa proseso ng pagpapaging-banal (cf. II Corinto 7:1; Santiago 4:8, I Pedro 1:22; II Pedro 3:13,14) gaya ni Juan 1:12 na nagsasalita sa ating pakikipagkooperasyon sa proseso ng pagaaring-ganap. Ang kaparehong tension sa pagitan ng bahagi ng Diyos (dakilang kapangyarihan) sa ating kaligtasan at ang ating bahagi (pantaong malayang kalooban) ay malinaw na makikita sa paghahalintulad ng Ezekiel 18:31 sa 36:26-27. Ang Diyos ang laging nagpapasiuna (cf. Juan 6:44,65),ngunit Siya ay humihingi na ang tipanang mga tao ay dapat na tumugon sa pamamagital ng paunang pagsisisi at pananampalataya at yaong nagpapatuloy na pagsisisis, pananampalataya, pagsunod, paglilingkod, pagsamba, at pagtitiis.

Ito marahil ay pantukoy sa Pangdakilang Saserdoteng panalangin ni Hesus sa Juan 17, lalo na sa vv. 17,19. Pinagpaging- banal Niya ang Kanyang sarili, ang Kanyang mga tagasunod naman ay pinagpaging-banal ang kanilang mga sarili. Ito ay may pagkanakakagulat na ang magkaibang mga anyo ng kaparehong pangunahing ugat ay ang ginamit.

6. Juan 17:17,19 – *hagiazō* (*hagios*, cf. Juan 10:36)
7. I Juan 3:3 – *hagnizō* (*hagnos*, cf. Juan 11:55)

## KONTEKSTWAL NA KAUNAWAAN SA 3:4-10

A. Ang siping ito ay naging sentro ng kontrobersya sa pagitan ng mga Kristyanong Perpeksyonismo (cf. Roma 6), minsan tinatawag na buoang pagpapaging banal, at ang nagpapatuloy na pagkakasala ng mga Kristyano (cf. Roma 7).

B. Hindi dapat nating hayaan na an gating teolohikong na pagkiling ang makaimpluwensya sa ating pag-intindi sa tekstong ito. At saka, hindi dapat nating hayaan ang ibang mga teksto na makaimpluwensya sa tekstong ito hanggang sa ang ating malayang pag-aaral ng tekstong ito ay makompleto at magkaroon tayo na katiyakan sa kung anu ang sinasabi ni Juan pareho ng sa kabanata 3 at sa buong aklat ng I Juan!

C. Ang tekstong ito ay malinaw na nagpapakita na ang tunguhin ng lahat ng mga mananampalataya ay nagnanasa ng, kalayaan mula sa kasalanan. Ang kaparehong ideya na ito ay ipinakita sa Roma 6. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Kristo mayroon tayong potensyal na hindi nagkakasalang pamumuhay.

D. Ang siping ito, gayunpaman, ay dapat na tumugma sa mas malawak na konteksto ng buong aklat ng I Juan.
   8. Ang bigyan kahulugan ang siping ito na walang pagsasaalang-alang para sa 1:8-2:2 (ang mga Kristyano ay nagkakasala parin) ay isang kahangalan.
   9. Ang bigyan kahulugan ang siping ito sa kaparaanang matalo ang pangkalahatang layunin ng I Juan, ang

kasiguraduhan ng kaligtasan laban sa pag-aangkin ng mga huwad na guro ay kahangalan din.

10. Ang siping ito ay dapat na maiugnay sa pag-aangkin ng mga huwad na guro ng kawalan kasalanan o ang kasalanan ay hindi mahalaga. Posibleng ang 1:8-2:2 ay tumatalakay sa isang kalabisan ng mga huwad na guro, habang ang 3:1-10 tumatalakay sa isa. Tandaan na ang pagbibigay kahulugan sa mga sulat sa NT ay gaya ng pakikinig sa isang kalahati ng usapan sa telepono.

E. A kabalintunaang ugnayan ay umiiral sa pagitan ng dalawang mga sipi na ito. Ang kasalanan sa buhay Kristyano ay paulit-ulit na problema sa NT (cf. Roma 7). Ito ay humuhubog ng kaparehong diyalektikal na tension gaya ng predistinasyon at malayang pagpili o seguridad at pagtitiis. Ang kabalintunaan ay nagbibigay ng teolohikong na balanse at umaatake sa labis-labis na posisyon. Ang mga huwad na guro ay nagpapakita ng dalawang kamalian sa lugar ng kasalanan.

F. Ang buong teolohikong na talakayang ito ay nakabatay sa maling pagkakaunawa sa pagkakaiba sa pagitan ng

1. ating posisyon kay Kristo
2. ating pagpupunyagi na matupad ang posisyon na iyon ayon sa ating pang araw-araw na karanasan ng ating buhay
3. ng pangako na ang katagumpayan ay mapapasaatin baling araw!

Tayo ay malaya sa kaparusahan ng kasalanan (pagaaring-ganap) kay Kristo, subalit tayo ay nakikibaka parin sa kapangyarihan nito (progresibong pagpapaging-banal) at isang araw tayo ay magiging malaya sa presensya nito (pagluluwalhati). Ang aklat na ito sa kabuuan ay nagtuturo sa pagiging una ng pag-amin sa ating mga kasalanan at pagpupunyagi patungo sa kawalan kasalanan.

G. Ang isa pang opsyon ay nagmumula sa literaturang dualism ni Juan. Siya ay nagsulat sa itim at puti na mga kategorya (na siya ring mamatagpuan sa Dead Sea Scrolls). Para sa kanya ang isa na kay Kristo ay samakatwid, ay matuwid, o ang isa na kay Satanas ay samakatwid ay makasalanan. Walang ikatlong kategorya. Ito ang nagsisilbing isang "panggising" sa umaaligid, kultural, hindi permanenteng, paglilibing, at Pasko ng pagkabuhay na Kristyanismo!

H. Ilang mga reperensya sa napakahirap na paksang ito:

1. Para sa pitong tradisyonal na interpretasyon ng siping ito tignan "The Epistles of John" sa *The Tyndale New Testament Commentaries* ni John R. W. Stott, na inilathala ng Eerdman's (pp. 130-136).
2. Para sa mabuting paglalapat ng posisyon ng Perpeksyon tignan *Christian Theology*, Vol. II, p. 440ff ni H. Orlon Willie, na inilathala ng Beacon Hill Press.
3. Para sa isang mabuting paglalapat ng doktrina ng nagpapatuloy na pagkakasala sa buhay ng Kristyano tignan "Perfectionism" ni B. B. Warfield na inilathala ng The Presbyterian and Reformed Published Company.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 3:4-10

**4Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangsang din naman sa kautusan: at ang kasalanan ay ang pagsalangsang sa kautusan. 5At nalalaman ninyo na siya'y nahayag upang magalis ng mga kasalanan; at sa kaniya'y walang kasalanan. 6Ang sinomang nananahan sa kaniya ay hindi nagkakasala; sinomang nagkakasala ay hindi nakakita sa kaniya, ni hindi man nakakilala sa kaniya. 7Mumunti kong mga anak, huwag kayong padaya kanino man: ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya niya na matuwid: 8Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diyablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diyablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Diyos, upang iwasak ang mga gawa ng diyablo. 9Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, sapagka't ang kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Diyos. 10Dito nahahayag ang mga anak ng Diyos, at ang mga anak ng diyablo: ang sinomang hindi gumagawa ng katuwiran ay hindi sa Diyos, ni ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid.**

**3:4**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"sinomang gumagawa ng kasalanan ay sumasalangsang din naman sa kautusan"** |
| **NKJV** | **"Ang sinomang gumagawa ng kasalanan ay gumagawa rin ng pagsuway sa kautusan"** |
| **NRSV** | **"Ang bawat isa na nakakagawa ng kasalanan ay nagkasala sa pagsuway sa kautusan"** |
| **TEV** | **"Sinoman ang nagkakasala ay nagkasala sa pagsuway sa kautusan ng Diyos"** |
| **NJB** | **"Sinomang nagkakasala, ay gumagawa ng masama"** |

Ang PANGHALIP "sinoman" ay inuna dito at sa v. 6. Ang kontekstong ay nakaugnay sa lahat ng sangkatauhan!

Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI at PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Napakahalaga nito na ang PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN PANDIWA ay nagbibigay diin sa kinaugaliang, nagpapatuloy, na pagkilos ng pamumuhay na kabaligtaran sa AORIST AKTIBO PASAKALI sa 2:1-2. Gayunpaman, ang teolohikong na problema ng siping ito (ikumpara 1:7-10 sa 3:6-9) ay hindi lubusang malulutas sa pamamagitan ng PANDIWA PANAHUNAN. Ito malulutas sa

pamamagitan ng makasaysayang tagpuan ng dalawang tipo ng mga huwad na guro ng Gnostik at ang kalahatang konteksto ng aklat.

Isa pang kakaiba sa siping ito ay ang kanyang paggamit ng salitang "pagsalangsang sa kautusan." Ito ay nagsasaad ng pagsuway sa batas (Batas ni Moses o pamantayan ng lipunan) na higit sa saloobin ng paghihimagsik. Ang kaparehong salita na ito ay ginamit upang ilarawan ang Antikristo sa II Thesalonica 2:3,7. Ito ay maaring mas buong paliwanang sa kasalanan (cf. Juan 9:41; Roma 14:23; Santiago 4:17; I Juan 5:17),ang kasalungat sa pagiging wangis ni Kristo (cf. v. 5), hindi lamang paglabag sa batas o pamantayan.

**3:5 "Siya'y nahayag"** Ito ay isang AORIST BALINTIYAK INDIKATIBO na nagsasaad ng pagkakatawang tao ni Hesus (cf. v. 8; II Timoteo 1:10). Ang kaparehong PANDIWA, *phaneroō*, ay ginamit ng dalawang beses v. 2 sa Kanyang Ikalawang Pagdating. Dumating Siya una bilang tagapagligtas (cf. Marcos 10:45; Juan 3:16; II Corinto 5:21), ngunit Siya ay babalik bilang Tagaganap! Sa kanyang komentaryo na *The Letters of John*, isa sa paborito kung guro, Bill Hendricks ay sinabi:

> "Dalawa sa pinakamatalas na pananalita ng layunin ng pagbabalik ni Kristo ay matatagpuan sa talatang ito at sa talata 8. Siya ay isinugo ng Diyos upang alisin ang mga kasalanan (3:5), at Siya ay ipinahayag upang wasakin ang mga gawa ng diyablo (3:8). Saan man sa Lucas ay naitala na ang layunin ni Hesus sa Kanyang pagdating ay hanapin at iligtas yaong mga naliligaw (Lucas 19:10). Ang Ebanghelyo ni Juan ay nagsasaad na si Hesus ay dumating upang ang Kanyang tupa ay magkaroon ng masaganang buhay (Juan 10:10). Ang Mateo ay nagpahiwatig na ang layunin ng pagdating ni Hesus sa kanyang interpretasyon sa pangalang Hesus; Ililigtas Niya ang Kanyang mga tao mula sa kanilang mga kasalanan (Mateo 1:21). Ang pangunahing katotohanan sa lahat ng ekspresyon na ito ay si Hesukristo gumawa ng isang bagay para sa tao na hindi kayang gawin ng mismong tao para sa kanyang sarili" (pp. 79-80).

▣ **"upang magalis ng mga kasalanan"** Ito ay AORIST PASAKALI. Ang pagkilos ay nakasalalay sa pagtugon ng tao (i.e., pagsisisi at pananampalataya). Ang pinanggalingan ng pahayag na ito ay may kaugnayan sa dalawang posibleng pinagmulan.

1. ang Araw ng Pagbabayad Puri (cf. Levitico 16) na kung saaan isa sa dalawang hantungan ng sisi na tupa ay simbolo na nag-aalis ng kasalanan mula sa kampo ng Israel (cf. Juan na Tagabautismo ay ginamit sa Juan 1:29)
2. isang pantukoy sa kung anu ang ginawa ni Hesus sa krus (cf. Isa. 53:11-12; Juan 1:29; Hebreo 9:28; I Pedro 2:24)

▣ **"at sa kaniya'y walang kasalanan"** Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Ang kawalan kasalanan ni Hesukristo (cf. Juan 8:46; II Corinto 5:21; Hebreo 4:15; 7:26; I Pedro 1:19; 2:22) ay ang basehan para sa Kanyang pagtitiis alalang sa iba, is the basis for His vicarious, panghaliling pagbabayad puri para sa ating kalagayan (Isaias 53).

Pansinin na ang "kasalanan" ay PANGMARAMIHAN sa unang bahagi ng v. 5 at PANG-ISAHAN sa huling bahagi. Ang una ay tumutukoy sa mga gawa ng kasalanan, ang ikalawa ay sa Kanyang matuwid na karakter. Ang tunguhin ay ang mga mananampalataya ay makikibahagi sa posisyonal na pagpapaging-banal at progresibong pagpapaging-banal kay Kristo. Ang kasalanan ay dayuhan na bagay para kay Kristo at sa Kanyang mga tagasunod.

## NATATANGING PAKSA: PAGPAPAGING BANAL

Ang NT ay nagsasaysay na kapag ang mga makasalanan kapag lumapit kay Hesus sa pagsisisi at pananampalataya, silay ay kagyat na inaring ganap at pinagpaging banal. Ito ang kanilang bagong posisyon kay Kristo. Ang kanyang katuwiran ay naiparatang sa kanila (cf. Roma 4). Sila ay idiniklarang matuwid at banal( isang legal na pagkilos ng Diyos.

Ngunit ang NT ay hinihimok din ang mga mananampalataya sa kabanalanan o pagpapaging banal. Ito ay parehong teolohikong na posisyon sa natapos na gawa ni Hesukristo at isang pagtawag upang maging wangis kay Kristo sa saloobin at pagkilos sa pangaraw-araw na buhay. Dahil sa ang kaligtasan ay libreng regalo at magugol sa lahat na pamumuhay, ganun din, ang pagpapaging banal.

| Paunang Pagtugon | Ang Progresibong Pagiging Wangis ni Kristo |
|---|---|
| Mga Gawa 26:18 | Roma 6:19 |
| Roma 15:16 | II Corinto 7:1 |
| I Corinto 1:2-3; 6:11 | Efeso 1:4; 2:10 |
| II Thesalonica 2:13 | I Thesalonica 3:13; 4:3-4,7; 5:23 |
| Hebreo 2:11; 10:10,14; 13:12 | I Timoteo 2:15 |
| I Pedro 1:12 | II Timoteo 2:21 |
| | Hebreo 12:14 |
| | I Pedro 1:15-16 |

**3:6 "Ang sinomang nananahan sa kaniya ay hindi nagkakasala"** Gaya ng 3:4, ito ay isa na naming PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI at PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Ang siping ito ay dapat na salungatin ng 1:8-2:2 at 5:16.

▣ **"sinomang nagkakasala ay hindi nakakita sa kaniya, ni hindi man nakakilala sa kaniya"** Ang talatang ito ay may isang

PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI na sinundan ng dalawang GANAP AKTIBO INDIKATIBO. Ang nagpapatuloy na garapal na pagkakasala ay nagpapakita na ang isa ay hindi kilala si Kristo at kailanman hindi nakilala si Kristo. Ang nagkakasalang Kristyano

1. hinahadlangan ang misyon ni Kristo
2. hinahadlangan ang tunguhin ng pagiging wangis ni Kristo
3. ipinapakita ang espiritwal na pinagmulan ng isang indibidwal (cf. Juan 8:44)

**3:7 "huwag kayong padaya kanino man"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG KATAGA, na madalas na nangangahulugang ihinto ang pagkilos na nasa proseso. Ang presensya ng mga huwad na guro (cf. 2:26) ang nagtatakda ng makasaysayang sitwasyon para sa isang nararapat na teolohikong na pagkakaunawa ng I Juan bilang buo at mga talata 1:7-10 at 3:4-10 sa partikular.

▣ **"ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid"** Ang talatang ito ay hindi maaring ihiwalay mula sa pangkalahatang konteksto at gamitin upang itaguyod o kondinahin a isang doctrinal na posisyon ("mga gawang pangkatuwiran"). Ang NT ay malinaw na ang mga taong nilalang hindi maaring makalapit sa Banal na Diyos sa pamamagitan ng kanilang merito. Ang mga tao ay hindi maliligtas sa pamamagitan ng sariling pagpupunyagi. Gayunpaman, ang mga tao ay dapat na tumugon sa inaaalok ng Diyos na kaligtasan ayon sa natapos na gawa ni Kristo. Ang ating mga pagsisiskap ay hindi makakapagdala sa atin saDiyos. Ang mga ito ay nagpapakita na natagpuan natin Siya. Ang mga ito ay nagpapakita ng ating espiritwal na kalagayan(cf. Pahayag 22:11) at kahinugan pagkatapos ng kaligtasan. Tayo ay hindi naligtas ng "mabubuting gawa", ngunit "patungo" sa mabuting mga gawa. Ang tunguhin ng libreng regalo ng Diyos kay Kristo ay mga kawangis ni Kristong tagasunod (cf. Efeso2:8-9,10). Ang sukdulang kalooban ng Diyos para sa bawat mananampalataya ay hindi lamang langit kapag siya ay namatay (legal na pagaring ganap), ngunis pagiging wangis ni Kristo (temporal na pagpapaging banal) nagyon (cf. Mateo 5:48; Roma 8:28-29; Galacia 4:19)! Para sa salitang pag-aaral patungkol sa katuwiran tignan Natatanging Paksa sa 2:29.

**3:8 "Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diyablo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI. Ang mg anak ng Diyos ay kilala sa kung paano sila namumuhay, ganun din ang mg anak ni Satanas (cf. 3:10; Mateo 7:13; Efeso 2:1-3).

▣ **"sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diyablo"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Ang diyablo patuloy na nagkasala mula pa sa pasimula (cf. Juan 8:44). Ito ba ay tumutukoy sa nilikha o sa makanghel na paghihimagsik?

Napakahirap sa teolohikong na malaman kung kailan naghimagsik si Satanas laban sa Diyos. Ang Job 1-2; Zechariah 3 at I Kings 22:19-23 ay waring nagpapakita na si Satanas ay isang lingkod ng Diyos at isa sa mga makaanghel na konsehal. Posibleng na (ngunit hindi malamang) na ang kapalaluan, pagmamataas, at ambisyon ng silanganing mga hari (ng Babylon, Isa. 14:13-14 or of Tyre, Ezekiel 28:12-16) ang ginamut upang idiklara ang rebelyon ni Satanas (maliwanag na isang panakip sa cherub, Ezekiel 28:14,16). Gayunpaman, sa Lucas 10:18 sinabi ni Hesus na nakita Niya si Satanas na bumagsak mula sa langit na gaya ng kidlat, ngunit hindi ito nagsasabi sa atin ng eksakto kung kailan. Ang pinagmulan at pagbabago ng kasamaan ay dapat na manatiling walang katiyakan dahil sa kakulangan ng kapahayagan. Maging maingat sa pagsasaayos at dogmatisahin ang hiniwalay, may kalabuan, naglalarawang mga teksto! Ang pinakamainam na diskusyon sa pagbabago ni Satanas mula sa tagapaglingkod patungo sa napakasamang kaaway batay sa OT ay kay A. B. Davidson's *Old Testament Theology*, na inilathala ng by T & T Clark, pp. 300-306. Tignan Natatanging Paksa: Personal na Kasamaan sa Juan 12:31.

▣ **"Anak ng Diyos"** Tignan Natatanging Paksa sa ibaba.

## NATATANGING PAKSA: ANG ANAK NG DIYOS

Isa ito sa mga pangunahing NT na mga titulo para kay Hesus. Ito ay may tunay na banal na mga. Ito ay nagsasama kay Hesus bilang "ang Anak" o "Aking Anak" at Diyos na sinabihan bilang "Ama." Ito ay lumitaw sa NT na lagpas sa 124 na beses. Maging ang sariling designasyon ni Hesus bilang "Anak ng Tao" ay mayroong banal na konotasyon mula sa Dan. 7:13-14.

Sa OT ang designasyon ng "anak" ay maaring tumutukoy sa apat na partikular na mga grupo.

1. mga anghel (madalas sa PANGMARAMIHAN, cf. Genesis 6:2; Job 1:6; 2:1)
2. ang Hari ng Israel (cf. II Samuel 7:14; Awit 2:7; 89:26-27)
3. ang bayan ng Israel sa kabuuan (cf. Exodo 4:22-23; Deuteronomio 14:1; Osea 11:1; Malakias 2:10)
4. ang mga hukom ng Israel (cf. Awit 82:6)

Ito ay ikalawang pagkakagamit na idinugtong kay Hesus. Sa ganitong paraan "anak ni David" at "anak ng Diyos"parehong nauugnay sa II Samuel 7; Awit 2 at 89. Sa OT ang "anak ng Diyos" ay hinid kailanman ginamit sa Mesias, maliban bilang ekastolohikal na hari na gaya ng sa "pinahirang mga tungkulin" ng Israel. Gayunpaman, sa Dead Sea Scrolls ang titulo na

may Makamesyas na implikasyon ay karaniwan (tignan mga partikular na pinagmulan sa *Dictionary of Jesus and the Gospels,* p. 770). At saka ang "Anak ng Diyos" ay isang Makamesyas na titulo sa dalawang interbiblikal na mga gawang Hudyong apokaliptiko (cf. II Esdras 7:28; 13:32,37,52; 14:9 at I Enoch 105:2).

Sa NT background na gaya ng pagtukoy kay Hesus ay pinakamainam na pagbubuod sa pamamagitan ng ilang mga kategorya.

1. Kanyang pre-eksistens (cf. Juan 1:1-18)
2. Kanyang natatanging (birhen) kapanganakan (cf. Mateo 1:23; Lucas 1:31-35)
3. Kanyang bautismo (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11; Lucas 3:22. Ang tinig ng Diyos na mula sa langit ay pinagisa ang maharlikang hari ng Awit 2 sa nagdurusang tagapaglingkod ng Isaias 53).
4. Kanyang makaSatanas na pagtutukso (cf. Mateo 4:1-11; Marcos 1:12,13; Lucas 4:1-13. Siya ay tinukosong magduda sa Kanyang pagiging anak o matupad man lang ang layunin nito sa ibang kaparaanan maliban sa krus).
5. Kanyang paninindigan sa pamamagitan ng hindi katanggap tanggap na tagapamahayag
   a. mga demonyo (cf. Marcos 1:23-25; Lucas 4:31-37,41; Marcos 3:11-12; 5:7)
   b. mga hindi mananampalataya (cf. Mateo 27:43; Marcos 14:61; Juan 19:7)
6. Paninindigan ng Kanyang mga Disipulo
   a. Mateo 14:33; 16:16
   b. Juan 1:34,49; 6:69; 11:27
7. Kanyang sariling paninindigan
   a. Mateo 11:25-27
   b. Juan 10:36
8. Kanyang paggamit ng pampamilyang metapora ng Diyos bilang Ama
   a. Kanyang paggamit ng "abba" para sa Diyos
      1) Marcos 14:36
      2) Roma 8:15
      3) Galacia 4:6
   b. Kanyang paulit ulit na paggamit ng Ama (*pat*sr) upang ilarawan ang Kanyang pakikipagrelasyon sa Diyos

Sa kabuuran, ang titulo na "Anak ng Diyos" ay may dakilang teolohikong na kahulugan para doon sa mga nakakaalam ng OT at mga pangako at kategorya nito, ngunit ang mga manunulat ng NT ay matatakutin patungkol sa pagkakagamit nito para sa mga Hentil sapagkat sa kanilang paganong pinanggalingan na ang "ang mga diyos" ay ginagawang asawa ang mga babae at nagkakaroon ng mga anak na "ang mga titans" o "mga higante."

▣ **"nahayag"** Ito ang Griyego salita *phaneroō,* na nangangahulugang "dalhin sa liwanag upang maging malinaw." Ang Talata 5 at 8 ay kahanay at parehong ginamit ang salita sa BALINTIYAK TINIG, na nagsasabi kay Kristo na tunay na inihayag sa Kanyang pagkakatawang tao (cf. 1:2). Ang problema sa mga huwad na guro ay hindi sa ang ebanghelyo ay hindi malinaw sa kanila ngunit sila ay may sarili teolohikong/pilosopikal na adyenda.

▣ **"upang iwasak ang mga gawa ng diyablo"** Ang layunin ng manipestasyon ni Hesus sa panahon at laman ay upang "wasakin" (AORIST AKTIBO PASAKALI ng *luō*), na ibig sabihin "kalagayan," "tanggalan ng tali," o "sirain." Ginawa lamang ni Hesus iyon sa Kalabaryo, ngunit ang mga tao ay dapat tumugon sa Kanyang natapos na gawa at libreng regalo (cf. Roma 3:24; 6:23; Efeso 2:8) sa pamamagitan ng pagtanggap sa Kanya sa pananampalataya (cf. Juan 1:12; 3:16).

Ang "nangyari na at hindi pa" na tension ng NT ay nauugnay din sa pagkawasak ng kasamaan. Ang diyablo ay natalo na, ngunit siya ay aktibo parin sa mundo hanggang sa buong kaganapan ng Kaharian ng Diyos.

**3:9 "Ang sinomang ipinanganak ng Diyos"** Ito ay isang GANAP NA PABALINTYAK PANDIWARI (cf. ang kahanay na v. 9c; 2:29; at 5:18 ) na nagsasalita sa panatag na kondisyon na nagagawa ng panlabas na kinatawan (Diyos).

▣ **"ay hindi nagkakasala"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO na kasalungat sa 2:1 kung saan ang AORIST AKTIBO PASAKALI ay ginamit ng dalawang beses. Mayroong dalawang mga teorya patungkol sa kabuluhan ng pahayag na ito.

1. ito ay nauugnay sa mga huwad na guro ng mga Gnostik, lalo na ang hidwaan na nagpapaliit sa kaligtasan patungo sa intelektwal na mga konsepto, sa gayon ay nagaalis sa pangangailangan ng moral na pamumuhay
2. ang PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN PANDIWA ay nagbibigay diin ng nagpapatuloy, kinaugalian, makasalanang
3. aktibidad (cf. Roma 6:1), hindi ang ilang mga gawa na mga kasalanan (cf.Roma 6:15) Ang teolohikong na pagkakaiba nito ay naipakita sa Roma 6 (potentsyal na kawalang kasalanan kay Kristo) at Roma 7 (ang kasalukuyang pakikibaka ng mananampalataya na magkasala ng kaunti).

Ang makasaysayang paglapit na #1 ay waring pinakamainam, ngunit ang isa ay iniiwanan parin ang pangangailangan na isapamuhay ang katotohanang ito sa panahon ngayon, na ipinapahayg ng #2. Mayroong magandang talakayan sa mahirap na talatang ito sa *Hard Sayings of the Bible* ng Walter Kaiser, Pedro Davids, F. F. Bruce, at Manfred Brauch, pp. 736-739.

▣ **"sapagka't ang Kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Mayroong ilang mga teorya kung anu ang tumpak na ibig sabihin ng Griyego parirala, "Kanyang binhi,"

1. Sina Augustine at Luther ay nagsabi na ito ay tumutukoy sa Salita ng Diyos (cf. Lucas 8:11; Juan 5:38; Santiago 1:18; I Pedro 1:23)
2. Si Calvin ay nagsabi na ito ay tumutukoy sa Banal na Espiritu (cf. Juan 3:5,6,8; I Juan 3:24; 4:4,13)
3. ang iba ay nagsabi na ito ay tumutukoy sa Banal na Kalikasan o bagong sarili (cf. II Pedro 1:4; Efeso 4:24)
4. posibleng ito ay tumutukoy sa mismo Sarili ni Kristo bilang ang "binhi ni Abraham" (cf. Lucas 1:55; Juan 8:33,37; Galacia 3:16)
5. ang ilan ay nagsasabi na ito ay kasingkahulugan sa parirala "ipinanganak ng Diyos"
6. Tila ito ay salitang ginamit ng mga Gnostik upang sabihin ang banal na kislap sa lahat ng tao

Ang bilang 4 ang malamang na pinakamainam na kontekstwal na opsyon sa lahat ng mga teoryang ito, ngunit pinili ni Juan ang kanyang bokabularyo upang pasinungalingan ang nagsisimulang mga Gnostik (i.e., #6).

**3:10** Ito ay buod ng vv. 4-9. Ito ay nagtataglay ng dalawang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO at dalawang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PANDIWARI, na tumutukoy sa pagkilos na nasa proseso. Sa teolohikong ito ay kahanay sa pananalita ni Hesus sa Ang Sermon sa Bundok (cf. Mateo 7:16-20). Paano ang isa ay namumuhay ay nagpapakita ng kanyang puso, ng kanyang espiritwal na pag-aangkop. Ito ang negatibong kontrapunto sa 2:29!

▣ **"ang mga anak ng Diyos. . . ang mga anak ng diyablo"** Ito ay nagpapakita ng Semitik na pinanggalingan ni Juan. Ang Hebreo, dahil isang sinaunang wika na walang PANG-URI, ay ginamit ang "anak ng . . ." bilang paraan sa paglalarawan sa mga tao.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:11-12

**11 Sapagka't ito ang pasabing inyong narinig buhat ng pasimula, na mangagibigan tayo sa isa't isa: 12 Hindi gaya ni Cain na siya'y sa masama, at pinatay ang kaniyang kapatid. At bakit niya pinatay? Sapagka't ang kaniyang mga gawa ay masasama, at ang mga gawa ng kaniyang kapatid ay matuwid.**

**3:11 "ang pasabing"** Ito ay Griyegong salita (*aggelia*, na madalas ay isinatitik sa angelia) ay ginamit lamang sa I Juan 1:5 at 3:11. Ang unang pagkakagamit ay waring pangdoktrinal, habang ang ikalawa ay etikal. Ito ay sa pananatili ni Juan sa pagbabalanse sa pagitan ng dalawang aspeto ng Kristyanismo (cf. 1:8,10; 2:20,24; 3:14).

▣ **"inyong narinig buhat ng pasimula"** Ang pariralang ito ay literaturang kagamitan na naguugnay kay Hesus bilang parehong buhay na Salita ng Diyos (cf. Juan 1:1) at nagpapahayag sa Salita ng Diyos (cf. 1:1; 2:7,13,14,24; II Juan 5,6).

▣ **"na mangagibigan tayo sa isa't isa"** Ito ay pinatunayan sa pamamagitan na ang mga mananampalataya ay nakakalam na silat ay tunay na tinubos (cf. vv. 10,14). Ito ay nagpapakita ng mga salita ni Hesus (cf. Juan 13:34-35; 15:12,17; I Juan 3:23; 4:7-8,11-12,19-21).

**3:12 "Cain"** Ang kasaysayan ng buhay ni Cain ay nakatala sa Genesis 4. Ang tumpak na pantukoy sa Genesis 4:4 (cf. Hebreo 11:4), na kung saan ang mga alay ni Cain at Abel ay pinagsalungat. Ang mga pagkilos ni Cain ay naglalahad ng impluwensya ng pagbagsak ng sangkatauhan (cf. Genesis 4:7; 6:5,11-12,13b). Sa parehong Hudyo at Kristyanong mga tradisyon (cf. Hebreo 11:4; Jude 11) Si Cain ay halimbawa ng masamang paghihimagsik.

▣ **"*na siya'y sa masama*"** Ang gramatikal na konstruksyon nito ay maaring PANGLALAKENG PANG-ISAHAN (ang isang masama, cf. v. 10) o PAMBALAKING PANG-ISAHAN (ng kasamaan). Ang kaparehong gramatikal na kalabuan ay matatagpuan sa Mateo 5:37; 6:13; 13:19,38; Juan 17:15; II Thesalonica 3:3; I Juan 2:13,14; 3:12; and 5:18-19. Sa ilang mga kaso ang konteksto ay kapuna-punang tumutukoy kay Satanas (cf. Mateo 5:37; 13:38; Juan 17:15).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:13-22

**13 Huwag kayong mangagtaka, mga kapatid, kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan. 14 Nalalaman nating tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid. Ang hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan. 15 Ang sinomang napopoot sa kaniyang kapatid ay mamamatay-tao: at nalalaman ninyong sinomang mamamatay-tao ay hindi pinananahanan ng buhay na walang hanggan. 16 Dito'y nakikilala natin ang pagibig,**

**sapagka't kaniyang ibinigay ang kaniyang buhay dahil sa atin; at nararapat nating ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid.** [17] **Datapuwa't ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang kapatid na nangangailangan, at doo'y ipagkait ang kaniyang awa, paanong mananahan ang pagibig ng Diyos sa kaniya?** [18] **Mumunti kong mga anak, huwag tayong magsiibig ng salita, ni ng dila man; kundi ng gawa at katotohanan.** [19] **Dito'y makikilala nating tayo'y sa katotohanan, at papapanatagin natin ang ating mga puso sa harapan niya.** [20] **Sapagka't kung hinahatulan tayo ng ating puso, ang Diyos ay lalong dakila kay sa ating puso, at nalalaman niya ang lahat ng mga bagay.** [21] **Mga minamahal, kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso, ay may pagkakatiwala tayo sa Diyos;** [22] **At anomang ating hingin ay tinatanggap natin sa kaniya, sapagka't tinutupad natin ang kaniyang mga utos at ginagawa natin ang mga bagay na kalugodlugod sa kaniyang paningin**

**3:13 "Huwag kayong mangagtaka"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PAUTOS na may kasamang NEGATIBONG PANDIWARI na madalas na nangangahulugang itigil ang isang pagkilos na kasalukuyang nasa progreso (cf. I Pedro 4:12-16). Hindi ito ang patas na mundo; hindi ito ang mundo na ninais ng Diyos na mangyari!

▣ **" kung"** Ito ay UNANG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na nagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may akda o para sa kanyang literaturang layunin.

▣ **"kinapopootan ng sanglibutan"** Nagalit ito kay Hesus; ito ay mapopoot sa Kanyang mga tagasunod. Ito ay karaniwang tema sa NT (cf. Juan 15:18; 17:14; Mateo 5:10-11; II Timoteo 3:12) at isa pang katunayan na ang isa ay mananampalataya.

**3:14 "Nalalaman nating"** Ito ay GANAP AKTIBO INDIKATIBO (*oida* mayroong GANAP na anyo, subalit PANGKASALUKUYAN kahulugan). Ito ay isa na naming karaniwang tema. Ang mga kompiyansa ng mga anak ng Diyos ay may kinalaman sa (1) pagbabago ng isip at (2) pagababo ng pagkilos, na siyang ugat na kahulugan ng salitang "magsisi" sa Griyego at Hebreo.

▣ **"tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan"** Isa na naman itong GANAP AKTIBO INDIKATIBO (cf. Juan 5:24). Isa sa mga patunay ng paglipat mula sa kamatayan tungo sa buhay (i.e., Kristyanong katiyakan, tignan Natatanging Paksa sa Juan 6:37) ay tayo ay nagmamahalan sa bawat isa. Ang isa ay ang mundo ay galit sa atin.

▣ **"sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Ang pag-ibig ang pangunahing katangian ng pamilya ng Diyos (cf. Juan 13:34-35; 15:12,17; II Juan 5; I Corinto 13; Galacia 5:22) sapagkat ito ay katangian ng Diyos, ng Kanyang sarili (cf. 4:7-21). Ang pag-ibig ay hindi batayan ng makataong pakikipagrelasyon sa Diyos, ngunit ang resulta. Ang pag-ibig ay hindi basihan ng kaligtasan, ngunit isa na naming katunayan nito.

▣ **"Ang hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANDIWARI ginamit bilang SIMUNO na may kasamang PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO PANDIWA. Habang ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy na manatili sa pag-ibig, ang mga hindi mananampalataya ay nananitili sa galit. Ang poot o galit, gaya ng pag-ibig, ay katunayan ng espirtwal na oryentasyon ng isang tao. Tandaan na ang payak, dualistic na mga kategorya; ang isa ay manatili sa pag-ibig o manatili sa kamatayan. Walang panggitnang saligan.

**3:15 "Ang sinomang"** Si Juan ay ginamit ang salitang (*pas*) ng 8 Beses mula sa 2:29. Ang kabuluhan nito ay walang hindi kasama sa kung anu ang sinasabi ni Juan. Mayroon lamang dalawang uri ng tao, mapagmahal at mapagmuhi. Nakikita ni Juan ang buhay sa itim o puting mga salita, walang mga pastel.

▣**"Ang sinomang napopoot sa kaniyang kapatid ay mamamatay-tao"** Ito ay PANGKASALUKUYANG AKTIBONG PANDIWARI (i.e., nagpapatuloy, itinakdang poot). Ang kasalanan ay nanagyayari una sa buhay kaisipan. Sa ang Sermon sa Bundok itinuro ni Hesus na ang galit ay katulad ng pagpatay na gaya ng kalibugan ay katulad ng pangangalunya (cf. Mateo 5:21-22).

▣ **"at nalalaman ninyong sinomang mamamatay-tao ay hindi pinananahanan ng buhay na walang hanggan"** Hindi ito nagsasabi sa isang tao na nakagawa ng pagpatay ay hindi maaring isang Kristyano. Ang kasalanan ay napapatawad, ngunit ang mga pagkilos ng pamumuhay ay nagpapakita ng puso. Ito ay pagsasabi na ang isang tao na kinaugaliang napopot ay hindi maaring isang Kristyano. Ang pag-ibig at poot ay kapwa eksklusibo! Ang poot ay nag-aalis ng buhay, ngunit ang pag-ibig ay nagbibigay buhay.

**3:16 "nakikilala natin"** Ito ay isang GANAP AKTIBO INDIKATIBO. Ang Griyegong salita ay ginamit sa v. 15 ay *oida;* dito ay *ginōskō*. Ang mga ito ay ginamit ng magkasingkahulugan sa mga kasulatan ni Juan.

▣ **"ang pagibig"** Si Hesus ay nagpakita ng sukdulang halimbawa kung ano katulad ng pag-ibig. Ang mga mananampalataya ay dapat gayahin ang Kanyang halimbawa (cf. II Corinto5:14-15).

▣ **"sapagka't kaniyang ibinigay ang kaniyang buhay dahil sa atin"** Ito ay AORIST PANAHUNAN na tumutukoy sa Kalbaryo na gumagamit sa mismong salita ni Hesus (cf. Juan 10:11,15,17,18;15:13).

▣ **"nararapat nating"** Ang mga mananampalataya ay sakop ng halimbawa Hesus (cf. :6; 4:11).

▣ **"ibigay ang ating mga buhay dahil sa mga kapatid"** Si Kristo ay ang halimbawa. Katulad ng Kanyang pag-aalay ng Kanyang sariling buhay alang-alang sa iba, ang Kristyano ay dapat na ialay ang kanilang mga buhay kung kinakailangan para sa kanilang mga kapatid. Ang kamatayan sa pagiging makasarili ay

1. kabaligtaran ng Pagbagsak
2. ang pagpapanumbalik sa imahe ng Diyos
3. pamumuhay para sa ikabubuti ng samahan (cf. II Corinto 5:14-15; Filipos 2:5-11; Galacia 2:20; I Pedro 2:21)

**3:17 "Datapuwa't ang sinomang mayroong mga pag-aari sa sanglibutang ito, at nakikita ang kaniyang kapatid na nangangailangan"** Ang mga ito PANGKASALUKUYAN PASAKALI PANDIWA. Pag-aalay ng buhay ng isa sa v. 16 ay inilagay ngayon sa kaharian ng potensyal, praktikal na tulong sa isang kapatiran. Ang mga talatang ito ay higit na kagaya ng sa Santiago (cf. Santiago 2:15,16).

▣ **"at doo'y ipagkait ang kaniyang awa"** Ito ay isang AORIST AKTIBO PASAKALI. Ang salitang puso ay literal na "bituka," isang Hebreong idyoma para sa emosyon. Muli, ang mga pagkilos ay nagpapahayag ng atin Ama.

▣ **"ang pagibig ng Diyos"** Muli ito ay isang LAYON O PASAKALI DYENITIBO o puno ng layuning kalabuan?

1. pagmamahal sa Diyos
2. pagmamahal ng Diyos sa atin
3. pareho

Ang bilang 3 ang tumutugma sa mga kasulatan ni Juan!

**3:18 "huwag tayong magsiibig ng salita"** Ang mga pagkilos ay mas nagsasalita ng malakas kaysa sa mga salita (cf. Mateo 7:24; Santiago 1:22-25; 2:14-26).

▣ **"kundi ng gawa at katotohanan."** Ang salitang "katotohanan" ay nakakabigla. Ang isa ay umaasa ng kasingkahulgan na "gawa," gaya ng "pagkilos." Ang salita ay waring nangangahulugang dalisay (NJB) o totoo (TEV), gaya ng gamit ng "mensahe" sa 1:5 at 3:11 na nagbibigay diin sa parehong doktrina at pamumuhay, kaya ganun din ang, "katotohanan." Ang gawa at mga motibo ay dapat parehong inuudyukan sa pamamagitan ng pagbibigay sariling pag-ibig (pag-ibig ng Diyos) at hindi lamang mga pakitang taong mga gawa na nagpapabusog sa kayabangan ng tagapagbigay o tagatustos.

**3:19 "Dito'y makikilala nating"** Ito ay tumutukoy sa mapagmahal na mga gawa na naunang binanggit. Ito ay PANGHINAHARAP NA PANGGITNANG (deponente) INDIKATIBO, na isa na naming katunayan ng tunay pagbabalik loob ng isang tao.

▣ **"tayo'y sa katotohanan"** Ang mga mapagmahal na pamumuhay ng mananampalataya ay nagpapakita ng dalawang mga bagay: (1) na sila ay nasa panig ng katotohanan at (2) na ang kanilang mga konsensya ay malinis. Tignan Natatanging Paksa: Katotohanan sa Juan 6:55.

**3:19-20** Mayroong matinding pagkalito patungkol sa paano isasalin ang Griyegong teksto ng dalawang mga talatang ito. Isang posibleng interpretasyon ay nagbibigay diin sa paghahatol ng Diyos, habang ang iba ay nagbibigay diin sa pagkahabag ng Diyos. Dahil sa konteksto, ang ikalawang opsyon ay waring pinakanararapat.

**3:20-21** Pareho sa mga talata ito ay mga IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP.

**3:20**
**NASB** **"sa kung anuman an gating puso ay naghahatol sa atin"**
**NKJV** **"kung hinahatulan tayo ng ating puso"**
**NRSV** **"sa tuwing an gating puso ay naghahatol sa atin"**
**TEV** **"kung ang ating konsensya ay humahatol sa atin"**
**NJB** **"kahit na an gating sariling damdamin ay humahatol sa atin"**

Lahat ng mga mananampalataya ay nakaranas ng panloob na kalungkutan patungkol sa hindi pagmumuhay sa mga "pamantayan" na alam nilang nais ng Diyos sa kanilang mga buhay (i.e., Roma 7). Yaong mga sakot ng konsensya ay mamaaring nagmula sa Espiritu ng Diyos (upang magdulot ng pagsisisi) o kay Satanas (upang magdulot ng sariling pagkawasak p pagkawala ng testtimonya). Mayroong parehong nararapat na damdaming pagkakasala o hindi nararapat na damdaming pagkakasala.

Ang mananampalataya ay malalaman ang pagkakaiba sa pamamagitan ng pagbabasa ng aklat ng Diyos (o pakikinig sa Kanyang mga mesharo). Si Juan ay sinusubukan na aliwin ang mga mananampalataya na namumuhay sa pamantayan ng pag-ibig ngunit nanatiling nakikibaka sa kasalanan (parehong ginawa at di-ginawa). Tignan Natatanging Paksa: Puso sa Juan 12:40.

▣ **"nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay"** Alam ng Diyos an gating tunay na mga motibo (cf. I Samuel 2:3; 16:7; I Kgs. 8:39; I Chr. 28:9; II Chr. 6:30; Awit 7:9; 44:21; Kawikaan 15:11; 20:27; 21:2; Jeremias 11:20; 17:9-10; 20:12; Lucas 16:15; Mga Gawa 1:24; 15:8; Roma 8:26,27).

**3:21 "kung tayo'y hindi hinahatulan ng ating puso"** Ito ay isang IKATLONG URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Ang mga Kristyano ay nakikibaka parin sa kasalanan at sa sarili (cf. 2:1; 5:16-17). Sila ay humaharap pa rin sa mga tukso at mga aktong hindi nararapat sa mga partikular na mga sitwasyon. Madalas ang kanilang mga konsensya ay nangungundina sa kanila. Gaya ng sa himno na "At Even, Ere the Sun Was Set," ni Henry Twells nagsasabi:

"At wala, O Panginoon, ang ganap na kapahingahan,
Sapagkat wala ang sinomang lubusang malaya mula sa kasalanan;
At silang yaong masayang naglilingkod sa Iyo ng may kagalingan
Ay mga nalalaman ng higit sa lahat na ang kamalian ay sa kaibuturan."

Ang kaalaman sa ebanghelyo, ay matamis na pakikisama kay Hesus, ang pagsunod sa pagpapatnubay ng Espiritu at sa karunungan sa lahat ng bagay ng Ama ang nagpapanatag sa ating mga alikabok na puso (cf. Awit 103:8-14)!

▣ **"ay may pagkakatiwala tayo sa Diyos;"** Ito ay nagsasalita ng bukas at malayang daanan patungo sa presensya ng Diyos. Ito ang malimit na inuulit na salita at konsepto ni Juan (cf. 2:28; 3:21; 4:17; 5:14; Hebreo 3:6; 10:35, tignan Natatanging Paksa sa 7:4). Ang pariralang ito ay nagpapakilala ng dalawang benepisyo ng kasiguraduhan o katiyakan.

1. na ang mga mananampalataya ay may ganap na kompiyansa sa harap ng Diyos
2. na natamo nila mula sa Kanya ang anumang kanilang hinihiling

**3:22 "At anomang ating hingin ay tinatanggap natin sa Kaniya"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PASAKALI at PANGKASALUKUYANG AKTIBONG INDIKATIBO. Ito ay nagpapaaninag sa mga pahayag ni Hesus sa Mateo 7:7; 18:19, Juan 9:31; 14:13-14; 15:7,16; 16:23; Marcos 11:24; Lucas 11:9-10. Ang mga Kasulatang mga pangakong ito ay napakaiba mula sa karanasan sa panalangin ng mananampalataya. Ang talatang ito ay wari nangangako ng walang limitasyon sa pagtugon sa panalangin. Narito kung saan ang pagkakaiba ng ibang mga nauugnay na teksto ay nakakatulong na ibalik ang teolohikong na balanse.

## NATATANGING PAKSA: PANALANGIN, WALANG LIMITASYON SUBALIT LIMITADO

A. Ang Sinoptikong mga Ebanghelyo
   1. ang mga mananampalataya ay pinalalakas ang loob na magtiis o magsumigasig sa pananalangin at ang Diyos ay magtutustos ng "mabuting mga bagay" (Mateo) o ang "Kanyang Espiritu" (Lucas) Mateo 7:7-11; Lucas 11:5-13)
   2. sa konteksto ng disiplina sa iglesya ang mga mananampalataya (dalawa) ay hinihimok na magkaisa sa panalangin (Mateo 18:19)
   3. sa konteksto sa paghahatol sa Judaismo ang mga mananampalataya ay dapat na humingi ng may pananampalataya at walang pagaalinlangan (Mateo 21:22; Marcos 11:23-24)
   4. sa konteksto ng dalawang parabula (Lucas 18:1-8, ang di-matuwid na hukom at Lucas 18:9-14, ang Fareseo at ang makasalanan) ang mga mananampalataya ay hinihimok na umakto na iba mula sa dimakadiyos na paghahatol at sariling pagmamatuwid ng Fareseo. Ang Diyos ay nakaririnig sa mga mapagpakumbaba at nagsisisi (Lucas 18:1-14)

B. mga kasulatan ni Juan
   1. sa konteksto ng lalakeng ipinanganak na bulag na pinagaling ni Hesus, ang tunay na kabulagan ng Fereso ang nailantad. Ang panalangin ni Hesus (na gaya ng kahit sino) ay mga tinugod sapagkat kilala Niya ang Diyos at namumuhay ng ayon (Juan 9:31).
   2. Sa Talakayan sa Itaas na Silid sa Juan (Juan 13-17)
      a. 14:12-14 – ang panalanging naniniwala ay ay may mga katangiang
         1) nagmumula sa mga mananampalataya
         2) paghingi ng ayon sa pangalan ni Hesus
         3) pagnanais na ang Ama ay maluwalhati

4) pagsunod sa mga kautusan (v. 15)

b. 15:7-10 – ang panalangin ng mga mananapalataya ay may mga katangian na
   1) pananatili kay Hesus
   2) ang Kanyang salita ay nananitli sa kanila
   3) pagnanais na ang Ama ay maluwalhati
   4) nakagagawa ng maraming bunga
   5) pagsunod sa mga kautusan (v. 10)

c. 15:15-17 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
   1) kanilang eleksyon
   2) kanilang pagdadala ng mga bunga
   3) paghingi ayon sa pangalan ni Hesus
   4) pagsunod sa kautusan na magmahalan sa bawat isa

d. 16:23-24 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
   1) paghingi ayon sa pangalan ni Hesus
   2) pagnanais na ang kagalakan ay maging puno

3. unang sulat ni Juan (I Juan)
   a. 3:22-24 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
      1) pagsunod sa Kanyang mga kautusan (vv. 22,24)
      2) pamumuhay ng nararapat
      3) paniniwala kay Hesus
      4) magmahal sa bawat isa
      5) pananatili sa Kanya at Siya sa atin
      6) pagkakaroon ng kaloob ng Espiritu
   b. 5:14-16 – ang panalangin ng mananampalataya ay may mga katangian na
      1) kompiyansa sa Diyos
      2) naayon sa Kanyang kalooban
      3) ang mga mananampalataya ay nananalangin sa bawat isa

C. Santiago
   1. 1:5-7 – ang mga mananampalataya na kinakaharap ng maraming mga pagsubok sinabihan na humingi ng karunungan ng hindi nagaalinlangan
   2. 4:2-3 – ang mga mananampalataya ay dapat humingi ng may nararapat na mga motibo
   3. 5:13-18 – ang mga mananampalatayang kinakaharap ng suliraning pangkalusugan ay hinihimok na
      a. na manghingi ng panalangin sa mga nakakatatanda sa iglesya
      b. na manalangin sa pananampalataya ay makapagliligtas
      c. na hingin na ang kanilang mga kasalanan ay mapatawad
      d. na ipahayag ang kasalanan sa bawat isa at ipanalangin ang bawat isa (kapareha sa I Juan 5:16)

Ang susi sa epektibong panalangin ay pagiging wangis ni Kristo. Ito ang ibig sabihin ng pananalangin sa pangalan ni Hesus. Ang pinakamalubhang bagay na gawin ng Diyos para sa maraming Kristyano ay tugunin ang kanilang makasariling mga panalangin! Sa isang pakahulugan lahat ng mga panalangin ay sinagot. Ang pinakamahalagang aspeto ng panalagin ay ay mananampalataya ay gumugol ng panahon sa Diyos, pagtitiwala sa Diyos

▣ **"sapagka't tinutupad natin ang Kaniyang mga utos at ginagawa natin ang mga bagay na kalugodlugod sa Kaniyang paningin"** Pansinin na sa kontekstong ito ang dalawang kailangan para sa tinugon na panalangin ay.
1. pagsunod
2. pagsasagawa ng mga bagay na nagbibigay lugod sa Diyos (cf. Juan 8:29)

Ang I Juan ay isang "paano" na aklat para sa epektibong Kristyanong pamumuhay at ministeryo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 3:23-24

[23]**At ito ang kaniyang utos, na manampalataya tayo sa pangalan ng kaniyang Anak na si Hesuskristo, at tayo'y**

**mangagibigan, ayon sa ibinigay niyang utos sa atin.** [24] **At ang tumutupad ng kaniyang mga utos ay mananahan sa kaniya, at siya ay sa kaniya. At dito'y nakikilala natin na siya'y nananahan sa atin, sa pamamagitan ng Espiritu na kaniyang ibinigay sa atin.**

**3:23 "At ito ang kaniyang utos. . . na manampalataya tayo. . . at tayo'y mangagibigan"** Pansinin ang salitang "kautusan" ay PANG-ISAHAN na may dalawang mga aspeto. Ang unang aspeto ay personal na pananampalataya; ang PANDIWA, "manampalataya," ay AORIST AKTIBO PASAKALI (cf. Juan 6:29,40). Ang ikalawang aspeto ay etikal; ang PANDIWA, ibigin, ay nasa ang PANGKASALUKUYAN AKTIBO PASAKALI (cf. 3:11; 4:7). Ang ebanghelyo ay isang mensahe na dapat paniwalaan, isang persona na dapat tanggapin, at pamumuhay na dapat isapamuhay!

▣ **"na manampalataya tayo sa pangalan ng kaniyang Anak na si Hesuskristo"** Ang konseptong "manampalataya" ay krusyal sa paguunawa sa biblikal na pananampalataya. Ang OT na salita aman ay nagpakita ng "katapatan," "mapagkakatiwalaan," "masasaligan," o "katapatan" (tignan Natatanging Paksa sa OT na salita sa I Juan 2:10). Sa NT ang Griyegong salita (*pisteuō*) ay isinalin sa tatlong magkakaibang English na mga salita: maniwala, manampalataya, o magtiwala (tignan Natatanging Paksa sa Griyegong salita sa Juan 2:23). Ang salita ay hindi labis na nagpapakita ng katapatan ng Kristyano na gaya ng sa Diyos. Ito ay Kanyang karakter, kapahayagan, at mga pangako, hindi katapatan o pagkamatapat ng makasalang mga tao, o maging tinubos na mga tao, ang bumubuo ng di-nayayanig na pundasyon!

Ang konsepto sa pananampalataya sa "ang pangalan" o pananalangin "sa pangalan" ay naglalahad ng the Near Eastern na kaunawaan na ang pangalan ay kumakatawan sa persona.

1. Hesus sa Mateo 1:21,23,25; 7:22; 10:22; 12:21; 18:5,20; 19:29; 24:5,9; Juan 1:12; 2:23; 3:18; 14:26; 15:21; 17:6; 20:31
2. ang Ama sa Mateo 6:9; 21:9; 23:39; Juan 5:43; 10:25; 12:13; 17:12
3. ang Trinidad sa Mateo 28:19.

Isang maikling teknikal na puna sa talatang ito. Sa kanyang *Word Pictures in the New Testament* (p. 228), si A. T. Robertson ay nagbanggit ng isang Griyegong manuskriptong problema na naguugnay sa PANDIWA "manampalataya." Ang Griyegong unsyal na mga manunskripto B, K, at L ay may AORIST AKTIBO PASAKALI, habang ang mga א, A, and C ay may PANGKASALUKUYAN AKTIBO PASAKALI. Parehong tugma sakonteksto at istilo ni Juan.

**3:24 "At ang tumutupad. . . mananahan. . ."** Ang mga ito ay PANGKASALUKUYAN PANAHUNAN. Ang pagsunod ay nakadugtong sa pananatili. Ang pag-ibig ang katunayan na tayo ay nasa Diyos at ang Diyos ay nasa atin (cf. 4:12,15-16; Juan 14:23; 15:10). Tignan Natatanging Paksa sa Pananatili sa 2:10.

▣ **"sa pamamagitan ng Espiritu na kaniyang ibinigay sa atin"** Si Juan ay gumagamit ng ilang mga katunayan upang husgahan ang tunay na mga mananampalataya (cf. Roma 4:13; 8:14-16, tignan Kontekstwal na mga Kaunawaan sa 2:3-27, C). Ang dalawa ay magkaugnay sa Banal na Espiritu.

1. pagpapahayag kay Hesus (cf. Roma 10:9-13; I Corinto 12:3)
2. wangis ni Kristong pamumuhay cf. Juan 15; Galacia 5:22; Santiago 2:14-26)

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Ano ang nagkakaisang tema ng mga talatang 11-24? (cf. I Juan 2:7-11)?
2. Ipaliwanag ang ugnayan ng mga talatang 16 at 17. Paanong ang pagbibigay ng ating mga buhay ay naihahalintulad sa pagtulong sa ating mga kapatid na nangangailangan?
3. Ang mga talatang 19-20 ba ay nagbibigay diin sa pagiging istrikto ng paghahatol ng Diyos o dakilang pagkahabag ng Diyos na nagpapakalma sa ating mga takot?
4. Paano tayo nakakaugnay sa pahayag ni Juan patungkol sa panalangin sa talata 22 sa ating pangaraw-araw na mga karanasan?
5. Paano mapagkakasundo ng isang ang parang kabalintunaang pagbibigay diin ni Juan sa Kristyanong pangangailang aminin at ipahayag ang kasalanan at ang kanyang pahayag na walang kasalanang perpeksyon?
6. Bakit gumagawa si Juan ng mabigat na pahayag na nagbibigay diin sa pamumuhay?

7. Ipaliwanag ang mga teolohikong na katotohanan na nasasangkot sa pagiging "ipinanganak muli."
8. Paano ang siping ito ay nauugnay sa pangaraw-araw na Kristyanong pamumuhay?

# I JUAN 4

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Ang Espiritu ng Diyos at ang Espiritu ng Anti-kristo | Ang Espiritu ng Katotohanan at ang Espiritu ng Kamalian | Pagkakilala ng Katotohanan at Kamalian | Ang Totoong Espiritu at ang Bulaang Espiritu | Ang Pangatlong Kalagayan: Maging Mapagbantay Laban sa Antikristo at Laban sa Mundo |
| | 3:24-4:6 | | | |
| 4:1-6 | | 4:1-6 | 4:1-3 | 4:1-6 |
| | | | 4:4-6 | Ang Pinagmulan ng Pag-ibig At Pananampalataya |
| | | | | (4:7-5:13) |
| Ang Diyos ay Pag-ibig | Pagkakilala sa Diyos Sa Pamamagitan ng Pag-ibig | Ang Pagiging Mapalad ng ng Pag-ibig | Ang Diyos ay Pag-ibig | Ang Pinagmulan ng Pag-ibig |
| 4:7-12 | 4:7-11 | 4:7-12 | 4:7-10 | 4:7-5:4 |
| | Pagkakita sa Diyos Sa pamamagitan ng pag-ibig 4:12-16 | | 4:11-12 | |
| 4:13-16a | | 4:13-16a | 4:13-16a | |
| 4:16b-21 | Ang kapuspusan ng Pag-ibig | 4:16b-21 | 4:16b-18 | |
| | 4:17-19 | | | |
| | Pagsunod sa pamamagitan ng Pananampalataya 4:20-5:5 | | 4:19-21 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

### MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG TALATANG 4:1-21

A. Ang Juan 4 ay isang napaka-natatanging pangpanitikang unit sa pamamaraan ng mga Kristiyano malaman at mapatunayan ang sinumang nag-aangking nagsasalita para sa Diyos. Ang talatang ito ay maiuugnay sa
   1. sa mga bulaang propeta na tinatawag na mga antikristo (cf. 2:18-25)

2. sa mga nagtatangkang mandaya (cf. 2:26; 3:7)
3. marahil sa mga nag-aangkin ng kaalaman sa mga natatanging espirituwal na katotohanan (cf. 3:24)

Upang lubusang maunawaan ang suliranin ng mga naunang Kristiyano, ang isa ay kailangang makakilala na marami ang nag-aangkin na magsalita para sa Diyos (cf. I Corinto 12:10; 14:29; I Thesalonica 5:20-21; I Juan 4:1-6). Walang lubusan at magagamit na pagkakilalang Espirituwal sa Bagong Tipan na kinabibilangan ng kapwa pang-doktrina at panglipunang mga pagsusuri (cf. Santiago 3:1-12).

B. Ang I Juan ay lubhang mahirap ibalangkas dahil sa mga umuulit na mga paksa. Ito ay tiyak na totoo sa kabanata 4. Tila ang kabanatang ito ay muling nagbibigay-diin sa mga katotohanan na naituro sa mga naunang mga kabanata, lalo na sa pangangailangan ng mga mananampalataya sa mag-ibigan sa isa't-isa (cf. vv. 7-21; 2:7-12 and 3:11-24).

C. Si Juan ay sumusulat kapwa upang makibaka sa mga bulaang mga mangangaral at upang palaksin ang loob ng mga tunay na mananampalataya. Ginawa niya ito sa pamamagitan ng paggamit ng maraming mga pagsusuri:
1. ang pagsusuri sa doktrina (pananampalataya kay Hesus, cf. I Juan 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:1,5,10)
2. ang pagsusuri sa uri ng pamumuhay (pagsunod, cf. I Juan 2:3-7; 3:1-10, 22-24)
3. ang pagsusuri sa pakikipag-kapwa (pag-ibig, cf. I Juan 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12,16-21; 5:1-2)

Ang iba't-ibang bahagi ng Banal na Kasulatan ay maiuugnay sa magkakaibang mga bulaang mangangaral. Ipinapahayag ng I Juan ang hidwang pananampalataya ng mga Gnostikong bulaang mangangaral. Tingnan ang Panimula sa I Juan, ang Hidwang Pananampalataya. Ang ibang mga bahagi ng NT ay nagpapahayag ng iba pang mga hindi katotohanan (cf. Juan 1:13; Roma 10:9-13; I Corinto 12:3). Ang bawat konteksto ay kailangang pag-aralan ng hiwalay upang matiyak kung anong kamalian ang tinutukoy. Mayroong kamalian na galing sa maraming mga pinagmulan.
1. mga Hudyong maka-kautusan
2. mga Griyegong pilosopo
3. mga Griyegong kalaban ng kautusan
4. silang mga nag-aangkin ng natatanging espirituwal na kapahayagan o mga karanasan.

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): 4:1-6

**[1]Mga minamahal, huwag kayong magsipaniwala sa bawat espiritu, kundi inyong subukin ang mga espiritu, kung sila'y sa Diyos: sapagka't maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan. [2]Dito'y nakikilala ninyo ang Espiritu ng Diyos: ang bawat espiritung nagpapahayag na si Hesukristo ay naparitong nasa laman ay sa Diyos: [3]At ang bawat espiritung hindi ipinahahayag si Hesus, ay hindi sa Diyos: at ito ang sa anticristo, na inyong narinig na darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na. [4]Kayo'y sa Diyos, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan. [5]Sila'y sa sanglibutan: kaya't tungkol sa sanglibutan ang sinasalita nila, at sila'y dinidinig ng sanglibutan. [6]Tayo nga'y sa Diyos: ang nakakakilala sa Diyos ay dumirinig sa atin; ang hindi sa Diyos ay hindi dumirinig sa atin. Dito'y ating nakikilala ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian.**

**4:1 "huwag kayong magsipaniwala"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nangangahulugang huminto sa isang pagkilos na nagpapatuloy. Ang gawi ng mga Kristiyano ay tanggapin ang mga malalakas na katauhan, lohikal na mga pangangatuwiran o mahimalang mga pangyayari na gaya ng galing sa Diyos. Tila ang mga bulaang mangangaral ay nag-aangkin na (1) makapagsalita para sa Diyos o (2) magkaroon ng natatanging kapahayagan mula sa Diyos.

### NATATANGING PAKSA: DAPAT BANG HUMATOL NG MGA KRISTIYANO SA ISA'T-ISA?

Ang paksang ito ay kailangang tingnan sa loob ng dalawang mga paraan.
1. ang mga mananampalataya ay pinagsasabihan na huwag humatol sa isa't-isa (cf. Mateo 7:1-5; Lucas 6:37,42; Roma 2:1-11; Santiago 4:11-12)
2. ang mga mananampalataya ay pinagsasabihang timbangin ang mga namumuno (cf. Mateo 7:6,15-16; I Corinto 14:29; I Thesalonica 5:21; I Timoteo 3:1-13; and I Juan 4:1-6)

Ilang pamantayan para sa naangkop na pagtitimbang ay maaaring makatulong.
1. Ang pagtitimbang ay kailangang para sa layunin ng paninindigan (cf. I Juan 4:1 – "pagsusuri" na mayroong pananaw patungo sa pagsang-ayon)
2. Ang pagtitimbang ay kailangang gawin nang may pakumbabaan at kaamuhan (cf. Galacia 6:1)

3. Ang pagtitimbang ay kailangang hindi tumuon sa mga isyu ng pangsariling pagkatig (cf. Roma 14:1-23; I Corinto 8:1-13; 10:23-33)
4. Ang pagtitimbang ay makakikilala ng mga namumunong "walang pagtangan sa mga pagpula" mula sa loob ng iglesiya o komunidad (cf. I Timoteo 3).

▣ **"bawat espiritu"** Ang Espiritu ay ginamit sa diwa ng isang tao. Tingnan ang tala sa 4:6. Ito ay tumutukoy sa isang ipinapalagay na mensahe mula sa Diyos. Ang hidwang pananampalataya ay nagmula sa loob ng iglesiya (cf. 2:19). Ang mga bulaang mangangaral ay inaangking sila ay nagsasalita para sa Diyos. Binigyang-diin ni Juan na mayroong dalawang mga espirituwal na pinagmulan, ang Diyos o si Satanasas, na nasa likod ng pananalita at pagkilos ng tao.

▣ **"kundi inyong subukin ang mga espiritu"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Kapwa ito isang espirituwal na kaloob (cf. I Corinto 12:10; 14:29) at isang pangangailangan sa bawat mananampalataya, gaya ng sa pananalangin, pag-ebanghelyo, at pagkakaloob. Ang Griyegong salitang *dokimazō* ay may kahulugang "subukin sa pananaw patungo sa pagsang-ayon." Ang mga mananampalataya ay dapat na mag-isip ng pinakamabuti sa kapwa maliban na pinakamasama ay napatunayan na (cf. I Corinto 13:4-7; I Thesalonica 5:20-21).

## NATATANGING PAKSA: MGA GRIYEGONG SALITA PARA SA PAGSUSURI AT KANILANG MGA KAHULUGAN

May dalawang mga Griyegong salita na mayroong diwa ng pagsusuri sa kaninuman para sa isang layunin.

1. *Dokimazō, Dokimion, Dokimasia*

   Ang salitang ito ay isang kataga sa metalurhiya para sa pagsusuri sa pagiging dalisay ng isang bagay (i.e., talinghaga para sa isang tao) sa pamamagitan ng apoy. Ang apoy ang naghahayag ng tunay na bakal at sinusunog (i.e., dinadalisay) ang kalawang. Ang pisikal na paraan ay naging isang makapangyarihang kataga para sa Diyos at/o kay Satanasas at/o sa mga tao na nagsusuri ng iba. Ang salitang ito ay tanging ginamit sa isang mabuting diwa ng pagsusuri na may pananaw sa pagsang-ayon. Ito ay ginamit sa pagsusuri sa NT

   a. lalaking baka – Lucas 14:19
   b. ang ating sarili – I Corinto 11:28
   c. ang ating pananampalataya – Santiago. 1:3
   d. kahit na ang Diyos – Hebreo 3:9

   Ang mga kinalabasan ang mga pagsusuring ito ay ipinalalagay na mabuti (cf. Roma 2:18; 14:22; 16:10; II Corinto 10:18; 13:3; Filipinos 2:27; I Pedro 1:7), samakatuwid, ang salita ay nagdadala ng kaisipan sa sinuman na nasuri at napatunayan na:

   a. karapat-dapat
   b. mabuti
   c. dalisay
   d. mahalaga
   e. marangal

2. *Peirazō, Peirasmus*

   Ang salitang ito ay kadalasang nagpapahayag ng pagsusuri sa layunin ng paghahanap ng kamalian o pagtanggi. Ito ay kadalasang ginagamit na may kaugnayan sa pagtutukso kay Hesus sa ilang.

   a. Ito ay nagpapahiwatig ng tangka sa pagsilo kay Hesus (cf. Mateo 4:1; 16:1; 19:3; 22:18, 35; Marcos 1:13; Lucas 4:2; Hebreo 2:18).
   b. Ang salitang ito (*peirazōn*) ay ginamit sa tawag kay Satanasas sa Mateo 4:3; I Thesalonica 3:5.
   c. Ito ay ginamit ni Hesus na nagbibigay-babala sa atin na huwag subukin ang Diyos (cf. Mateo 14:7; Lucas 4:12) [o si Kristo cf. I Corinto 10:9]. Ito rin ay nagsasaad ng pagtatangko sa gawin ang isang bagay na nabigo (cf. Hebreo 11:29). It ay ginamit na may kaugnayan sa pagtutukso at mga pagsubok sa mga mananampalataya (cf. I Corinto 7:5; 10:9, 13; Galacia 6:1; I Thesalonica 3:5; Hebreo 2:18; Santiago. 1:2, 13, 14; I Pedro 4:12; II Pedro 2:9). Ipinapahintulot ng Diyos ang tatlong kaaway ng sangkatauhan (i.e., ang sanglibutan, ang laman, at ang demonyo) upang maihayag sa tiyak na panahon at lugar.

▣ **"sapagkat maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY

PAHIWATIG (cf. Jeremias 14:14; 23:21; 29:8; Mateo 7:15; 24:11,24; Gawa 20:28-30; II Pedro 2:1; I Juan 2:18-19,24; 3:7; II Juan 7). Ang implikasyon ay iniwan nila ang iglesiya (mga bahay iglesiya), ngunit nagpatuloy ang pag-aangkin na sila ay nagsasalita para sa Diyos. Tingnan sa Natatanging Paksa: Propesiya sa NT sa Juan 4:19

**4:2 "Dito'y nakikilala ninyo ang Espiritu ng Diyos"** Ang anyong pang-baliralang ito ay alinman sa isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG (isang pahayag) o PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS (isang utos). Ang katulad na kalabuan ng anyon ay ay nasa "manatili," 2:27 at "makilala," 2:29. Ang Banal na Espiritu ay palaging itinataas si Hesus (cf. Juan 14:26; 15:26; 16:13-15). Ang katulad na pagsusuri ay makikita sa mga sulat ni Pablo sa I Corinto 12:3.

▣ **"ang bawat espiritung nagpapahayag"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagtuturo sa isang nagpapatuloy na pagpapahayag, hindi sa isang nakalipas panindigan ng pananampalataya. Ang Griyegong salita na "pagpapahayag" ay isang pagtatambal mula sa "ang katulad" at "magsalita," na nangangahulugang "magsalita ng katulad na bagay." Ito ay isang nauulit na paksa sa I Juan (cf. I Juan 1:9; 2:23; 4:2-3; 4:15; Juan 9:22; II Juan 7). Ang salitang ito ay nagpapahiwatig ng isang tiyak, pang-madla, pasalitang pagkilala sa paninindigan at pagtupad ng ebanghelyo ni Hesukristo. Tingnan sa Natatanging Paksa at Juan 9:22.

▣ **"na si Hesukristo ay naparitong nasa laman ay sa Diyos"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA PANDIWARI. Ito ay isang mahalagang pagsusuri para sa mga bulaang mga guro (i.e., Nostiks) na kinakalaban ni Juan sa aklat na ito. Iyo ang pangunahing pagbibigay-diin na si Hesus ay lubos na tao (i.e., laman, na itinatanggi ng mg Nostiks) gayundin ay lubos na Diyos (cf. 1:1-4; II Juan 7; Juan 1:14; I Timoteo 3:16). Ang GANAP NA PANAHUNAN ay nagpapatibay sa pagkatao ni Hesus na hindi pansamantala, ngunit palagian. Ito ay hindi isang maliit na isyu lamang. Si Hesus ay tunay na kaisa sa sangkatauhan at kaisa sa Diyos.

**4:3 "ang bawat espiritung hindi ipinahahayag si Hesus"** Ito ay nakakawili sa teolohiya na ang salin ng matandang Latin version sa NT at ang mga manunulat na Ama ng Iglesiya, Clemente, Origen ng Alexandria, Irenaeo, and Tertullian ay may *leui* (looses), na nagpapahiwatig na "paghihiwalay kay Hesus," tila sa espiritu ng tao at ang hiwalay na espiritu ng Diyos na lubhang natatangi sa mga pangalawang siglong Nostikong sulat. Ngunit ito ay karagdagang tekstuwal na nagpapahayag ng buhay ng naunang iglesiya at pakikihamok sa maling paniniwala (tingnan si Bart Erhart, *The Orthodox Corruption of Scripture*, pp. 125-135).

▣ **"ang *espiritu ng* sa anticristo"** Dito ang salita (cf. 2:18-25) ay ginamit bilang isang tagapagtanggi kayKristo, hindi isang pagtatangka na agawin ang Kanyang kalalagayan.

▣ **"inyong narinig na darating; at ngayo'y nasa sanglibutan na"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagpapahiwatig na si Juan ay tinalakay noong una ang paksang ito sa kanila at ang kahalagahan nito ay nanatili. Sa Griyego ang PANGHALIP na "ito" ay tumutugma sa WALANG KASARIANG "espiritu." Tulad ng 2:18, ang pariralang ito ay nagpapahayag na ang espiritu ng mga antikristo ay kapwa dumating na at dadating pa lang. Ang mga Nostikong bulaang mangangaral ay bumubuo ng isang tanikala ng mga maling kaalaman, maling pamumuhay, at maling mga pagpapahayag ng pananampalataya sa bawat panahon, mula sa isang masama ng Genesis 3 hangang sa pagpapakita ng pagkakatawang tao ng masama at ang Antikristo sa huling-araw (i.e., II Thesalonica 2; Pahayag 13).

**4:4-6 "Kayo. . .Sila. . .Tayo"** Lahat ng MGA PANGHALIP ay binigayang-diin. Mayroong tatlong pagkat na pinag-uukulan.

1. Tunay na mananampalataya (si Juan at kanyang mga mambabasa)
2. Bulaang mga mananampalataya (mga gurong Nostik at kanilang mga tagasunod)
3. Ang nagmimisyong pangkat ni Juan o teolohikong pangkat

Ang katulad nitong uri ng tatluhan ay makikita sa Hebreo 6 at 10.

**4:4 "inyong dinaig sila"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ito ay tila isang sangunian sa kapwa sa pagtatalong doktrinal at ang matagumpay na buhay Kristiyano. Anong kahanga-hangang salita ng pagpapalakasan para sa kanila at sa atin!

Si Juan ay nagmamalasakit sa tagumpay ng Kristiyano laban sa kasalanan at kasamaan. Siya ay gumagamit nitong salitang (*nikaō*) na 6 na beses sa I Juan (cf. 2:13,14; 4:4; 5:4,5), 11 beses sa Pahayag, at minsan Ebanghelyo (cf. 16:33). Ang salitang ito para sa "pagtatagumpay" ay ginamit lamang nang minsan sa Lucas (cf. 11:22) at dalawang beses sa mga sulat ni Pablo (cf. Roma 3:4; 12:21).

▣ **"sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan"** Ito ay isang pagbibigay-diin sa nanananahang Diyos. Ito ay tila isang sangunian sa nanananahang Ama (cf. Juan 14:23; II Corinto 6:16). Ang NT ay nagbibigay-diin din (1) sa nanananahang Anak (cf. Mateo 28:20; Colosas 1:27) at (2) ang nanananahang Banal na Espiritu (cf. Roma 8:9; I Juan 4:13).

Ang Espiritu at ang Anak ay malapit na kinilala (cf. Roma 8:9; II Corinto 3:17; Galacia 4:6; Filipinos 1:19; I Pedro 1:11). Tingnan sa Natatanging Paksa sa Juan 14:16.

Ang pariralang "siya na nasa sanglibutan" ay tumutukoy kay Satanas (cf. Juan 12:31; 14:30; 16:11; II Corinto 4:4; Efeso 2:2; I Juan 5:19) at sa kanyang mga tagasunod. Ang salitang "sanglibutan" sa I Juan ay palaging may salungat na mga kahulugan (i.e., ang lipunang pangtao ay nagtatatag at kumikilos na hiwalay sa, Tingnan sa Natatanging Paksa: *Kosmos* sa Juan 14:17).

**4:5 "Sila'y sa sanglibutan"** Ito ay isang ABLATIBO ng pinanggalingan. Ang salitang "sanglibutan" ay ginamit dito sa diwa ng nalugmok na lipunang pantao na nagsusumikap at matugunan ang mga pangagailangan sa hiwalay sa Diyos (cf. 2:15-17). Ito ay tumutukoy sa nalugmok na sama-samang pangsariling espiritu ng sangkatauhan! Isang halimbawa nito ay si Cain (cf. 3:12). Ang ibang halimbawa ay maaaring sina (1) Elias at ang mga propeta ni *Ba'al* (I Hari 18) at (2) Jeremias laban kay Hananias (Jeremias 28).

▣ **"sila'y dinidinig ng sanglibutan"** Isa pang katibayan ng mga Kristiyanong mangangaral laban sa mga bulaang mangangaral ay kung sino ang nakikinig sa kanila (cf. I Timoteo 4:1).

**4:6 "ang nakakakilala sa Diyos ay dumirinig sa atin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Ang tunay na mga mananampalataya ay magpapatulo na makinig at tumugon sa mga katotohanang pang-Apostol! Ang mga mananampalataya ay makakakilala ng tunay ng mga mangangaral/guro sa pamamagitan ng kapwa sa nilalaman ng kanilang mensahe at kung sino ang dumidinig at tumutugon sa kanila.

▣ **"Dito'y ating nakikilala ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian"** Ito ay tumutukoy sa Banal na Espiritu (cf. Juan 14:17; 15:26; 16:13; I Juan 4:6; 5:7) at sa masamang espiritu, si Satanas. Ang mga mananampalataya ay kailangang mabatid ang pinanggalingan ng mensahe. Kadalasang ang mga ito ay ibinigay sa pangalan ng Diyos, na ipinagpapalagay na galing sa mga tagapagsalita ng Diyos. Ang isa ay tinataas si Hesus at ang pagiging katulad kay Kristo at ang isa ay itinataas ang haka-hakang pantao at pangsariling kalayaan.

Si Robert Girdlestone, *Synonyms of the Old Testament*, ay may nakakawiling pagtalakay sa mga gamit ng salitang "espiritu" sa NT.

1. Mga masamang espiritu
2. Espiritu ng tao
3. ang Banal na Espirit
4. mga bagay na ginagawa ng Espiritu sa at sa pamamagitan ng mga espiritu ng tao
   a. 'hindi isang espiritu ng pagkaalipin laban sa isang espiritu ng pagkupkop - Roma 8:15
   b. 'isang espiritu ng kaamuhan - I Corinto 4:21
   c. 'isang espiritu ng pananampalataya' - II Corinto 4:13
   d. 'isang espiritu ng karunungan at kapahayagan ng kaalaman sa Kanya - Efeso 1:17
   e. 'hindi isang espiritu ng pagkamahiyain, ngunit kapangyarihan, pag-ibig at disiplina - II Timoteo 1:7
   f. 'espiritu ng kamalian laban sa espiritu ng katotohanan' - I Juan 4:6" (pp. 61-63).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:7-14

**7 Mga minamahal, mangagibigan tayo sa isa't isa: sapagka't ang pag-ibig ay sa Diyos; at ang bawat umiibig ay ipinanganak ng Diyos, at nakakakilala sa Diyos. 8 Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos; sapagka't ang Diyos ay pag-ibig. 9 Dito nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin, sapagka't sinugo ng Diyos ang kaniyang bugtong na Anak sa sanglibutan upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya. 10 Narito ang pag-ibig, hindi sa tayo'y umibig sa Diyos, kundi siya ang umibig sa atin, at sinugo ang kaniyang Anak na pangpalubagloob sa ating mga kasalanan. 11 Mga minamahal, kung tayo'y inibig ng Diyos ng gayon, ay nararapat na mangagibigan din naman tayo. 12 Sinoman ay hindi nakakita kailan man sa Diyos: kung tayo'y nangagiibigan, ang Diyos ay nananahan sa atin, at ang kaniyang pag-ibig ay nagiging sakdal sa atin: 13 Dito'y nakikilala natin na tayo'y nangananahan sa kaniya at siya'y sa atin, sapagka't binigyan niya tayo ng kaniyang Espiritu. 14 At nakita natin at sinasaksihan na sinugo ng Ama ang Anak upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan.**

**4:7 "mangagibigan tayo sa isa't isa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PASAKALI. Ang pamumuay, pang-araw-araw na pag-ibig ay isang karaniwang katangian ng lahat ng mga mananampalataya (cf. I Corinto 13; Galacia 5:22). Ito ay isang nauulit na paksa sa mga sulat ni Juan at ang diwa ng pagsusuri ng wasto (cf. Juan 13:34; 15:12,17; I Juan 2:7-11; 3:11,23; II Juan 5, tingnan ang mga Kaugnay na Kaunawaan, C). Ang PASAKALI PANAGANO ay nagpapahayag ng anumang mangyayari.

▣ **"sapagka't ang pag-ibig ay sa Diyos"** Ang Diyos, hindi ang pantaong pagkakawang-gawa, pagkahabag, o damdamin, ang pinanggalingan ng pag-ibig (cf. v. 16). Ito ay hindi pangunahing damdamin ngunit pagkilos na may layunin (i.e., ang Ama na

ipinadala ang Anak upang mamatay para sa atin, cf. v. 10; Juan 3:16).

▣ **"ang bawa't umiibig ay ipinanganak ng Diyos, at nakakakilala sa Diyos"** Ang MGA PANDIWA ay GANAP NA BALINTIYAK at PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PAHIWATIG. Ang mga itinatanging salita ni Juan upang maging mananampalataya ay kaugnay sa pisikal ka kapanganakan (cf. 2:29; 3:9; 4:7; 5:1, 4, 18; Juan 3:3,7).

Ang salitang "makilala" ay nagpapakilala sa diwang Hebreo ng nagpapatuloy, napakalapit na pakikipag-ugnayan (cf. Genesis 4:1; Jeremias 1:5). Ito ay isang inuulit na paksa sa I Juan, na ginamit ng pitumpu't pitong beses. Tingnan sa Natatanging Paksa sa Juan 1:10.

**4:8 "Ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos; sapagka't ang Diyos ay pag-ibig"** Ang pamumuhay pag-ibig ay ang tunay na sukatan ng pagkakilala sa Diyos.

Ito ay isan mga malalim na karaniwang pahayag ni Juan; "Ang Diyos ay pag-ibig" ay tumutugma sa "Ang Diyos ay liwanag" (cf. 1:5) at "Ang Diyos ay espiritu" (cf. Juan 4:24). Isa sa pinakamahusay na paraan upang pag-ibahin ang pag-ibig ng Diyos sa poot ng Diyos ay paghahalintulad sa Deuteronomio 5:9 kasama ang 5:10 at 7:9.

**4:9 "Dito nahayag ang pag-ibig ng Diyos sa atin"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG (cf. Juan 3:16; II Corinto 9:15; Roma 8:32). Maliwanag na ipinakita ng Diyos na iniibig Niya tayo sa pamamagitan ng pagpapadala ng Kanyang bugtong na Anak upang mamatay sa ating lugar. Ang pag-ibig ay isang pagkilos, hindi lamang isang pakiramdam. Ang mga mananampalataya ay kailangan tularan ito sa kanilang pang-araw-araw na mga buhay (cf. I Juan 3:16). Ang makilala ang Diyos ay ang umibig gaya ng kanyang pag-ibig.

▣ **"sinugo ng Diyos ang kaniyang bugtong na Anak sa sanglibutan"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG; ang pagkakatawang tao at ang mga bunga nito ay mananatili! Ang lahat ng pakinabang na manggagaling sa Diyos ay dumating sa pamamagitan ni Kristo.

Ang salitang "bugtong" ay *monogenēs*, na nagpapahayag na "natatangi," "nag-iisang uri," hindi ipinanganak tulad ng sa pangkasariang salinlahi. Ang kapanganakan sa isang birhen ay hindi isang seksuwal na karanasan para sa Diyos o kay Maria. Si Juan ay gumagamit ng salitang ito sa maraming pagkakataon na tumutukoy kay Hesus (cf. Juan 1:14,18; 3:16,18; I Juan 4:9). Tingnan ang karagdagang tala sa Juan 3:16. Si Hesus ay Anak ng Diyos sa isang natatanging (ontolohiko) pagkaunawa. Ang mga mananampalataya ay mga anak ng Diyos lamang sa natamong kaunawaan.

▣ **"upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan niya"** Ito ay siang AORIST NA TAHAS NA PASAKALI na nagpapahiwatig na maaaring mangyari, isang pananampalatayang tugon ay kailangan. Ang layuni ng pagkakatawang-tao ay ang walang hangang-buhay at masaganang buhay (cf. Juan 10:10).

**4:10 "Narito ang pag-ibig"** Ang pag-ibig ng Diyos ay maliwanag na naipakita sa buhay at kamatayan ni Hesus (cf. Roma 5:6,8). Ang makilala si Hesus ay ang makilala ang Diyos. Ang makilala ang Diyos ay upang umibig!

▣ **"hindi sa tayo'y umibig sa Diyos"** Ang NT ay natatangi sa mga relihiyon ng sanglibutan. Kadalasang ang relihiyon ay sangkatauhang na naghahanap ng Diyos, ngunit ang Kristiyanismo ay ang Diyos na naghahanap sa lugmok na sangkatauhan! Ang kahanga-hangang katotothanan ay hindi ang ating pag-ibig para sa Diyos, kundi ang Kanyang pag-ibig para sa atin. Hinanap Niya tayo sa dako ng ating kasalanan at sarili, ating paghihimagsik at pagmamataas. Ang maluwalhating katotohana ng Kristiyanismo ay inibig ng Diyos ang nalugmok na sangkatauhan at nagpasimula at nagpanatili ng isang ugnayang nakapagbabago ng buhay.

Mayroong isang pagkakaiba kaugnay ng anyo ng PANDIWA.

1. Mayroon at nagpapatuloy na umiibig, GANAP– MS B
2. umibig, AORIST – MS א

Ang UBS[4] ay nagbibigay sa GANAP NA PANAHUNAN na isang "B" na antas (halos tiyak).

▣ **"sinugo ang kaniyang Anak na pangpalubagloob sa ating mga kasalanan"** Tingnan ang tala sa 2:2.

**4:11 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP na ipinalalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para kanyang mga pampanitikang layunin. Ang Diyos ay minamahal tayo (cf. Roma 8:31)!

▣ **"tayo'y inibig ng Diyos ng gayon"** "ng gayon" ay kailangang maunawaan bilang "sa ganitong paraan," tulad ng sa Juan 3:16.

▣ **"nararapat na mangagibigan din naman tayo"** Dahil sa inibig Niya sa tayo, tayo ay mag-ibigan sa isa't-isa (cf. 2:10; 3:16; 4:7). Ang pahayag na ito ng pangangailangan ay ay naghahayag ng mapangsirang mga pakilos at pag-uugali ng mga

bulaang mangangaral.

**4:12 "Sinoman ay hindi nakakita kailan man sa Diyos"** Ito ay isang GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG. Ang salitang ito ay nagpapahiwatig na "marubdob ang pagtitig sa kaninoman o sa anuman" (cf. Exodo 33:20-23; Juan 1:18; 5:37; 6:46; I Timoteo 6:16). Maaaring ang mga gurong Nostik, na nahikayat ng mga mahiwagang relihiyon ng silangan, ay nag-aangkin ng pangitain mula sa Diyos o ng Diyos. Si Hesus ay dumating upang lubusang ihayag ang Ama. Sa pagtitig natin sa Kanya, nakikilala nating ang Diyos!

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na nangangahulugang maaaring pagkilos.

▣ **"ang Diyos ay nananahan sa atin"** Tingnan sa Natatanging Paksa ng Pananatili sa 2:10.

▣ **"ang Kaniyang pag-ibig ay nagiging sakdal sa atin"** Ito ay isang PAIKOT-IKOT NA GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ang pag-ibig ng mga Kristiyano ay isang katunayan ng pananatili, sakdal na pag-ibig ng Diyos (cf. 2:5; 4:17).

**4:13 "binigyan Niya tayo ng Kaniyang Espiritu"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang pananahan ng Banal na Espiritu (cf. 3:24; Roma 8:9) at ng Kanyang nakakapagpabagong lakas ay katunayan ng ating tunay na kaligtasaan (cf. Roma 8:16). Tila ang v. 13 ay isang panariling saksi ng Espiritu, habang ang v. 14 ay isang nilalayong saksi ng patotong pang-Apostol. Ang tatlong persona ng Trinidad ay maliwanag na makikita sa vv. 13-14. Tingnan sa Natatanging Paksa: Ang Trinidad sa Juan 14:26.

**4:14 "nakita natin at sinasaksihan"** Ang MGA PANDIWA ay GANAP NA PANGGITNANG (deponent) MAY PAHIWATIG na kasama ng PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Sinasabi nito ang sakting patotoo ni Juan patungkol sa persona ni Kristo, tulad na sa 1:1-3.

Ang salitang "nasaksihan" ay katulad na Griyegong salita sa v. 12 na nangangahulugang "marubdob na pagtitig." Tingnan sa Natatanging Paksa: Saksi kay Hesus sa Juan 1:8.

▣ **"na sinugo ng Ama ang Anak"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang katotohanan na ang Diyos Ama ay ipinadala ang sent Diyos Anak sa sanglibutan (cf. John3:16) ay pinapabulaanan ang mga bulaang katuruan ng Nostik patungkol sa ipinalalagay na dualismo sa pagitan espiritu (mabuti) at bagay (masama). Si Hesus ay totoong Diyos at Siya ay ipinadala sa masamang mundo ng kasalanan upang iligtas ito at tayo (cf. Roma 8:18-25) mula sa sumpa ng Genesis 3 (cf. Galacia 3:13).

▣ **"upang maging Tagapagligtas ng sanglibutan"** Ang katotohanan na ang Ama ay pinili na gamitin si Hesus bilang paraan ng kaligtasan kaligtasaan natumutuligsa sa mga Nostikong bulaang turo na ang kaligtasaan ay matatamo sa pamamagitan ng natatangi, lihim na kaalaman na maiuugnay sa mga antas ng pagka-anghel. Tinatawag nila ang mga maka-anghel na antas na *eons* or nasasakupan ng kapangyarihan sa pagitan ng mataas na Diyos at ang mababang diyos na naglalang ng sanglibutan mula sa mga bagay na nalalang na.

Ang pariralang "Tagapagligtas ng sanglibutan" ay (1) isang pantawag para sa mga diyos (i.e., Zeus) at (2) isang karaniwang tawag para sa Romanong Caesar. Para sa mga Kristiyano si Hesus lamang ang nagtataglay ng titulong ito (cf. Juan 4:42; I Timoteo 2:4; 4:10). Ito ang mismo ang nagdulot ng mga pag-uusig mula sa mga lokal na kulto ni caesar sa Asya Minor.

Pansining ang lahat ng ito ay kasama. Siya ang talagapagligtas ng lahat (hindi iilan) kung sila lamang ay tutugon (cf. Juan 1:12; 3:16; Roma 5:18; 10:9-13).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 4:15-21

**15 Ang sinomang nagpapahayag na si Hesus ay Anak ng Diyos, ang Diyos ay nananahan sa kaniya, at siya'y sa Diyos.
16 At ating nakilala at ating sinampalatayanan ang pag-ibig ng Diyos sa atin. Ang Diyos ay pag-ibig; at ang nananahan sa pag-ibig ay nananahan sa Diyos, at ang Diyos ay nananahan sa kaniya. 17 Dito'y naging sakdal ang pag-ibig sa atin, upang tayo'y magkaroon ng pagkakatiwala sa araw ng paghuhukom; sapagka't kung ano siya, ay gayon din naman tayo sa sanglibutang ito. 18 Walang takot sa pag-ibig: kundi ang sakdal na pag-ibig ay nagpapalayas ng takot, sapagka't ang takot ay may kaparusahan; at ang natatakot ay hindi pa pinasasakdal sa pag-ibig. 19 Tayo'y nagsisiibig, sapagka't siya'y unang umibig sa atin. 20 Kung sinasabi ng sinoman, Ako'y umiibig sa Diyos, at napopoot sa kaniyang kapatid, ay sinungaling; sapagka't ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid na kaniyang nakita, ay paanong makaiibig siya sa Diyos na hindi niya nakita? 21 At ang utos na itong mula sa kaniya ay nasa atin, na ang umiibig sa Diyos ay dapat umibig sa kaniyang kapatid.**

**4:15 "Ang sinomang nagpapahayag na si Hesus ay Anak ng Diyos"** Ito ay isang AORIST TAHAS NA PASAKALI. Para sa "Pagpapahayag ng Pananampalataya" Tingnan ang tala sa v. 2. Isa sa tatlong pagsusuri ni Juan ng isang tunay na Kristiyano ay ang teolohikong katotohanan patungkol sa persona at gawain ni Hesus (cf. 2:22-23; 4:1-6; 5:1,5). Ito rin ay katambal ng I Juan

at Santiago na may pamumuhay pag-ibig at pagsunod. Ang Kristiyanismo ay isang persona, isang lupon ng katotothanan, at isang pamumuhay. Tingnan ang mga Kaunawaan sa Kaugnay na Kahulugan, C. sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27; 5:3; 9:6). Ipinangako ng Diyos ang kaligtasan sa sangkatauhan sa Genesis 3:15. Ang Kanyang pagtawag kay Abraham ay isang pagtawag upang abuting ang sanglibutan (cf. Genesis 12:3; Exodo 19:5). Ang kamatayan ni Hesus ay tumutugon sa suliranin ng kasalanana (cf. Juan 3:16). Sinuman ay maaaring maligtay kung sila ay tutugon sa katungkulang pangkasunduan ng pagsisisi ng kasalanan, pananampalataya, pagsunod, paglilingkod at pagtitiyaga. Ang salita ng Diyos sa lahat ay "Lumapit" (cf. Isaias 55).

## NATATANGING PAKSA: PANG-EBANGHELYONG PAGKILING NI BOB

Kailangan kong aminin sa inyo sa mambabasa na ako ay may kinikilingan sa pagkakataong ito. Ang aking sistematikong teolohiya ay hindi Calvinismo or Dispensasyonaliko, ngunit ito ay Dakilang Komisyong pang-ebanghelyo (cf. Mateo 28:18-20; Lucas 24:46-47; Gawa 1:8). Naniniwala akong ang Diyos ay may walang hanggang panukala para sa katubusan ng lahat ng sangkatauhan (e.g., Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Jeremias 31:31-34; Ezekiel 18; 36:22-38; Gawa 2:23; 3:18; 4:28; 13:29; Roma 3:9-18,19-20,21-31), lahat ng linikha sa Kanyang larawan at wangis (cf. Genesis 1:26-27). Ang mga kasunduan ay nagkakaisa kay Kristo (cf. Galacia 3:28-29; Colosas 3:11). Si Hesus ay ang hiwaga ng Diyos, ikinubli ngunit ngayon ay nahahayag (cf. Efeso 2:11-3:13)! Ang NT ebanghelyo, hindi ang Israel, ang susi sa Banal na Kasulatan.

Itong aking paunang pagkakaunawa ang nagbibigay-kulay sa lahat ng aking pagbibigay kahulugan sa Banal na Kasulatan. Aking binasa ang lahat ng mga tala pamamgitan nito! Ito ay isang tunay na pagkiling (lahat ng tagapagsalin ay mayroon nito!), ngunit ito ay isang paunang pagkakaunawa na ipinababatid ng Banal na Kasulatan.

▣ **"ang Diyos ay nananahan sa kaniya, at siya'y sa Diyos"** Ito ay nagpapahayag ng pangkasunduang pagkakayari ng kaugnayan ng Diyos sa sangkatauhan. Ang Diyos ay laging nagsisimula, nagtatakda ng kaparaanan at nagkakaloob ng batayan para sa kasunduan, ngunit ang mga tao ay may pananagutan na pasimulang tumugon at magpatuloy na tumugon.

Ang pananatili ay isang kakailanganin sa kasunduan, ngunit ito rin ay napakagandang pangako (cf. Juan 15). Isipin na ang Manlilikha ng Sansinukob, ang Isang Banal ng Israel, nananahan (naninirahan) sa lugmok na sangkatauhan (cf. Juan 14:23)! Tingnan sa Natatanging Paksa ng Nananatili sa 2:10.

**4:16 "ating nakilala at ating sinampalatayanan"** Ang MGA PANDIWANG ito ay kapwa GANAP NA TAHAS NA MGA PAHIWATIG. Ang katiyakan ng nagtitiwalang pananampalataya ng mga mananampalataya sa pag-ibig ng Diyos kay Kristo, hindi panlabas ng mga pangyayari, ay ang batayan sa kanilang pakikipag-ugnayan. Tingnan sa Natatanging Paksa: Katiyakan sa 5:13.

▣ **"ng Diyos sa atin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagpapahayag ng nagpapatuloy na pag-ibig ng Diyos.

▣ **"Ang Diyos ay pagibig"** Ang mahalagang katotohanang ito ay inuulit (cf. v. 8).

**4:17 "Dito'y naging sakdal ang pagibig"** Ito ay mula sa Griyegong salitang *telos* (cf. v. 12). Ito ay nagpapahiwatig ng kapuspusan, kaganapan, at kalubusan, hindi kawalang kasalanan.

▣ **"sa atin"** Ang PANG-UKOL na ito (*meta*) ay maaaring maunawaan na "sa atin" (TEV, NJB), "kasama natin" (NKJV, NRSV, NIV, REB), o "sa atin" (NASB).

▣ **"upang tayo'y magkaroon ng pagkakatiwala"** Sa orihinal ang salitang ito ay nangangahuugang kalayaan sa pananalita. Ginagamit ni Juan ito nang malawak (cf. 2:28; 3:21; 5:14). Ito ay nagsasabing ng ating pagiging matapang sa paglapit sa banal na Diyos (cf. Hebreo 3:6; 10:35). Tingnan sa Natatanging Paksa sa Juan 7:4.

▣ **"sa araw ng paghuhukom; sapagka't kung ano Siya, ay gayon din naman tayo sa sanglibutang ito"** Ang mga Kristiyano ay umiibig tulad kay Hesus na umiibig (cf. 3:16; 4:11). Maaari silang tanggihan at parusahan tulad ng sa Kanya, ngunit, sila ay iniibig at binibigyang-lakas ng Ama at ng Espiritu na tulad niya! Isang araw ang alahat ng mga tao ay magbibigay ng sulit sa Diyos para sa kaloob na buhay (cf. Mateo 25:31-46; II Corinto 5:10; Pahayag 20:11-15). Ang araw ng paghuhukom ay hindi makakapagpatakot sa mga nasa kay Kristo.

**4:18 "Walang takot sa pagibig"** Noong tayo ay dumating sa pagkakilala sa Diyos bilang ama, hindi na tayo matatakot sa Kanya bilang hukom. Karamihan, kung hindi man lahat, ang pagbabalik-loob sa Kristiyanismo ay kinakasangkutan ng pagkatakot—pagkatakot sa kahatulan, sa kaparusahan, sa impiyerno. Gayunman, isang kahanga-hangang bagay ang nangyari sa buhay ng mga iniligtas na sangkatauhan: kung anog nagsimula sa pagkatakot ay magwawakas sa hindi pagkatakot!

▣ **"takot ay may kaparusahan"** Ito ay isang bihirang salita na ginamit lamang dito at sa Mateo 25:46 (ang anyong PANDIWA ay nasa II Pedro 2:9), na isa ring pangyayari sa hinaharap. Ang PANGKASALUKUYANG PANAHUNANG PANDIWA ay nagpapahiwatig na ang pagkatakot sa matinding poot ng Diyos ay kapwa pansamantala (sa panahon) at pang-eskatolohiko (sa pagtapos ng panahon). Ang sangkatauhan ay ginawa sa larawan ng Diyos (cf. Genesis 1:26-27) na kinabibilangan ng aspeto ng pagkatao, kaalaman, pagpili at mga kahahantungan. Ito ay isang moral na sanglibutan. Ang sangkatauhan ay hindi sinisira ang kautusan ng Diyos; sinisira nila ang kanilang sarili sa kautusan ng Diyos!

**4:19 "Tayo'y nagsisiibig"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang NKJV ay idinagdag ang TAHAS NA LAYON pagkatapos ng "ating iniibig." Ang paminilian para sa isang TAHAS NA LAYON ay:

1. sa isang ansiyalo na Griyegong kasulatan (א) "Diyos" (*ton theon*) ang inilagay
2. sa Ψ "Kaniya" (*auton*) ang inilagay (KJV)
3. sa Vulgata ay "bawat isa" ang inilagay

Ang mga TAHAS NA LAYON ay maaaring idinagdag pagkatapos. Ang UBS[4] ay nagbibigay sa PANDIWA lamang ng isang "A" na antas (tiyak).

▣ **"sapagka't siya'y unang umibig sa atin"** Ito ay inuulit na pagbibigay-diin sa v. 10. Ang Diyos ay palaging nagpapasimula (cf. Juan 6:44,65) ngunit ang nalugmok na sangkatauhan ay kailangang tumugon (cf. Juan 1:12; 3:16). Mga Mananampalataya ay tumatalima sa Kanyang pagiging mapagkakatiwalaan at magkaroon ng pananampalataya sa Kaniyang pagkamatapat. Ang umiibig, kumikilos at mapagkakatiwalaang katangian ng Trinidad na Diyos ay ang pag-asa at katiyakan ng mga iniligtas na sangkatauhan.

**4:20 "Kung sinasabi ng sinoman"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI PANGUNGUSAP na nangangahulugang maaaring pagkilos. Ito ay isan na namang halimbawa ng pagsipi ni Juan ng mga pahayag ng mga bulaang mangangaral upang gumawa na isang panindigan (cf. 1:6,8,10; 2:4,6). Ang pamamaraang pampanitikang ito ay tinatawag na patuligsa (cf. Malakias, Roma, and Santiago).

▣ **"'Ako'y umiibig sa Diyos', at napopoot sa kaniyang kapatid"** Ang pag-ibig sa ating pamumuhay ay maliwanag na naghahayag kung tayo nga ay mga Kristiyano (cf. Marcos 12:28-34). Ang di pagkakasundo ay maaaring mangyari, ngunit ang namamalaging galit ay hindi (PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN). Tingnan sa Natatanging Paksa: Kapootang Panlahi sa Juan 4:4.

▣ **"siya ay sinungaling"** Tinatawag ni Juan ang maraming "inaakalang" mga mananampalataya na mga sinungaling (cf. 2:4,22; 4:20). Ipinahayag din ni Juan ang sinuman na nangangaral ng mga huwad na mga katotohanan ay ginagawang isang sinungaling ang Diyos (cf. 1:6,10; 5:10). Tiyak silang mga relihiyosong nalinlang ang sarili!

**4:21** Ang talatang ito ang nagbubuod ng kabanata! Ang pag-ibig ay isang hindi mahuhuwad na katunayan ng isang tunay na mananampalataya. Ang galit ay ang katunayang ng isang anak ng masama. Ang mga bulaang mangangaral ay hinahati-hati ang kawan at nagdadala ng tunggalian.

▣ **"kapatid"** Kailangang tanggapin na ang salitang "kapatid" ay may kalabuan. Ito ay maaaring managhulugan ng "kapwa Kristiyano" o "kapwa tao." Gayunman, ang paulit-ulit na paggamit ni Juan ng "kapatid" para mga mananampalataya ay nagpapahiwatig ng una nitong kahulugan (cf. I Timoteo 4:10).

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong <u>gabay</u> sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang tatlong pangunahing pagsusuri sa dalisay na Kristiyanismo.
2. Paano malalaman ng sinuman ang totoong nagsasalita para sa Diyos?
3. Itala ang dalawang pinanggagalingan katotohanan (pansarili at panlayunin).
4. Ano ang kahalagahan ng pantawag na "Tagapagligtas ng Mundo"?
5. Magtala ng mga pagkilos na naghahayag ng mga kasinungalingan (i.e., mga bulaang mananampalataya).

# I JUAN 5

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pananampalataya ang Tagumpay na Higit sa Mundo | Pagsunod sa Pamamagitan ng Pananampalataya | Matagumpay na Pananampalataya | Ang Ating Tagumpay na Higit sa Mundo | |
| | 4:20-5:5 | | | |
| 5:1-5 | | 5:1-5 | 5:1-5 | Ang Pinagmulan ng Pananampalataya |
| Ang Patotoo Patungkol sa Anak | Ang Katiyakan ng Patotoo ng Diyos | | Ang Patotoo Patungkol kay Hesukristo | 5:5-13 |
| 5:6-12 | 5:6-13 | 5:6-12 | 5:6-12 | |
| Ang Kaalaman ng Walang-Hangang Buhay | | Paglalagom | Walang-hangang Buhay | |
| 5:13-15 | Pagtitiwala at Kahabagan Sa Panalangin | 5:13 | 5:13-15 | Panalangin sa mga Makasalanan |
| | 5:14-17 | 5:14-17 | | 5:14-17 |
| 5:16-17 | Pagkaalam ng Katotohanan, Pagtanggi sa Kasinungalingan | | 5:16-17 | Paglalagom ng Liham |
| 5:18-21 | 5:18-21 | 5:18-20 | 5:18 | 5:18-21 |
| | | | 5:19 | |
| | | | 5:20 | |
| | | 5:21 | 5:21 | |

### IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata
2. Ikalawang Talata
3. Ikatlong Talata
4. At iba pa

### PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

**TALATA SA NASB (BINAGO): 5:1-4**

**1 Ang sinomang nananampalataya na si Hesus ay siyang Kristo ay ipinanganak ng Diyos: at ang bawa't**
**umiibig sa nanganak ay umiibig din naman sa ipinanganak niyaon. 2 Dito'y ating nakikilala na tayo'y nagsisiibig sa**
**mga anak ng Diyos, pagka tayo'y nagsisiibig sa Diyos at tinutupad natin ang kaniyang mga utos. 3 Sapagka't ito ang**
**pagibig sa Diyos, na ating tuparin ang kaniyang mga utos: at ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat.**

**[4]Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya.**

**5:1 "sinoman" (dalawang ulit)** Ang salitang *pas* ay ginamit ng inuulit sa I Juan (cf. I Juan 2:29;3:3,4,6 [dalawang beses] 9,10; 4:7; 5:1). Walang sinuman ang hindi kasama sa itim o puting teolohikong mga kaurian ni Juan. Ito ang pangkahalatang paanyaya ng Diyos na tanggapin si Hesukristo (cf. Juan 1:12; 3:16; I Timoteo 2:4; II Pedro 3:9). Ito ay katulad sa dakilang paanyaya ni Pablo sa Roma 10:9-13.

▣ **"nananampalataya"** Ito ay siang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI. Ito ay isang Griyegong salita (PANGNGALAN – *pistis*; PANDIWA – *pisteuō*) na maaaring maisalin sa "pananampalataya," "pagtitiwala," o "maniniwala." Gayunman, sa I Juan at sa mga sulat Pastoral (I & II Timoteo at Tito) ay kadalasang ginagamit sa diwa ng nilalaman ng doktrina (cf. Judas vv. 3,20). Sa mga Ebanghelyo at kay Pablo ito ay ginagamit sa pansariling pagtitiwala at pangakong pagtupad. Ang ebanghelyo ay kapwa mga katotohanan upang maniniwala at ang persona ng pagkakatiwalaan at, tulang ng pagpapaliwanag ng I Juan at Santiago, isang buhay ng pag-ibig at paglilingkod na ipamumuhay. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Juan 2:23.

▣ **"na si Hesus ay siyang Kristo"** Ang diwa ng mga kamalian ng mga bulaang mangangaral ay pumapalibot sa persona at gawain ng taong si Hesus, na siya ring buo ang pagka-Diyos (cf. v. 5). Si Hesus ng Nazaret ay ang ipinangakong Mesias! Ang Mesias ay kamangha-mangha (i.e., mula sa OT) ding Diyos. Ang pariralang ito ay isang panunumpa, maaaring sa bautismo (cf. 2:22), na may karagdagang pariralang "ang Anak ng Diyos" (cf. 4:15; 5:5). May katiyakan an ang panindigan ng pagka-Mesias ni Hesus ay nauugnay sa mga tao na may nalalaman sa OT (i.e., mga Hudyo, mga nagbago ang pananampalataya, at mga may takot sa Diyos).

▣ **"ay ipinanganak ng Diyos"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG na nagbibigay-diin sa isang katapusan ng isang pagkilos, na ginawa ng isang panlabas na kinatawan (Diyos, cf. vv. 4,18; 2:29) na maging isang palagiang kalagayan ng pag-iral.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"umiibig din naman sa ipinanganak niyaon"** |
| **NKJV** | **"umiibig sa Kanya na ipinangak Niya"** |
| **NRSV** | **"iniibig ng magulang na iniibig ang anak"** |
| **TEV** | **"iniibig ang ama na umiibig din sa kanyang anak"** |
| **NJB** | **"iniibig ang ama na iniibig ang anak "** |

This parirala ay maaaring tumukoy sa Ama na iniibig si Hesus dahil sa gamit ng (1) ang PANG-ISAHAN; (2) ang AORIST NA PAMANAHON; at (3) ang pagtatangka ng mga bulaang mangangaral na ihiwalay sa teolohiya si Hesus mula sa Ama. Gayunman, ito ay maaaring maugnay sa umuulit sa paksa ng pag-iibigan ng mga Kristiyano sa bawat isa (cf. v. 2) dahil tayong lahat ay mayroong iisang Ama.

**5:2** Ang talatang ito, kasabay ng talata 3, ay inuulit ang isa sa mga pangunahing mga paksa na I Juan. Ang pag-ibig, pag-ibig ng Diyos, ay ipinapahayag sa pamamagitan ng nagpapatuloy na pag-ibig (cf. 2:7-11; 4:7-21) at pagsunod (cf. 2:3-6). Pansinin ang mga katibayan ng isang tunay na mananampalataya.

1. Iniibig ang Diyos
2. Iniibig ang anak ng Diyos (v. 1)
3. Iniibig ang mga anak ng Diyos (v. 2)
4. sumusunod (vv. 2,3)
5. nakakapanaig (vv. 4-5)

**5:3 "Sapagka't ito ang pagibig sa Diyos, na ating tuparin ang kaniyang mga utos"** Ang GENITIBO ay maaaring NILALAYON O PANARILI o isang pagsasama. Ang pag-ibig ay hindi pangdamdamin ngunit nakabatay sa pagkilos is not sentimental but action oriented, kapwa sa bahagi ng Diyos at sa atin. Ang pagsunod ay napakahalaga (cf. 2:3-4; 3:22,24; Juan 14:15,21,23; 15:10; II Juan 6; Pahayag 12:17; 14:12).

▣ **"ang Kaniyang mga utos ay hindi mabibigat"** Ang bagong kasunduan ay may mga tungkulin (cf. Mateo 11:29-30, na kung saan ginamit ni Hesus ang salitang "pamatok"; ang mga rabi ay ginamit ito para sa mga kautusan ni Moises, Mateo 23:4). Sila ay lumalabas mula sa ating pagkikipag-ugnayan sa Diyos, ngunit hindi bumubuo ng batayan para sa pakikipag-ugnayan, na ang batayan ay biyaya ng Diyos, hindi sa paggawa at kagalingan ng tao. (cf. Efeso 2:8-9,10). Ang mga patnubay ni Hesus ay malayo ang kaibahan sa mga bulaang mangangaral, na kapwa walang sinusunod na utos (antinomian) o napakaraming kautusan (legalists)! Aaminin ko na sa haba ng paglilingkod ko sa Diyos sa pamamagitan ng pagliligkod ko sa Kanyang mga tao, ako ay mas lalong natatakot sa dalawang mga sukdulan ng malayang pag-iisip at legalismo.

Tingnan ang Natatanging Paksa: Ang Gamit ng Salitang "Kautusan" sa mga Sulat ni Juan at sa Juan 12:50.

**5:4**
**NASB, NKJV,**
**NRSV "Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Diyos"**
**TEV, NJB "naging bawat anak ng Diyos"**

Ang Griyegong tala ay inilagay sa unahan ang salitang "lahat" (*pas*) para sa pagbibigay-diin, tulad ng sa v. 1. Ang WALANG KASARIANG PANG-ISAHAN (*pan*) ay ginamit na nangangahulugang "kahit ano." Gayunman, ang kaugnay na kahulugan ay kinakailangan ng isang pangsariling kahulugan (i.e., ang diwang panlahat) dahil ito ay kasama ng GANAP NA BALINTIYAK PANDIWARI ng "ipinanganak." Ito ay ang sinuman na nananampalataya kay Hesus at ipinanganak ng Diyos ang makapananaig sa sanglibutan (cf. 4:4; 2:13,14).

▣ **"dumadaig sa sanglibutan"** "Nakapanaig" ay isang PANGKASALUKUYAN TAHAS NA MAY PAHIWATIG ng *nikaō* (cf. 2:13,14; 4:4; 5:4,5). Ang katulad na salitang-ugat ay ginamit pa ng dalawang beses sa v. 4.

1. ang PANGNGALAN, "tagumpay," *nikē*
2. ang AORIST TAHAS PANDIWARI, *nikaō*, "nakapanaig"

Si Hesus ay napagtagumpayan na ang sanglibutan (GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, cf. Juan 16:33). Dahil ang mga mananampalataya ay nananatiling kaisa sa Kanya, sila rin ay may kapangyarihan na makapanaig sa sanglibutan (cf. 2:13-14; 4:4).

The salitang "sanglibutan" dito ay nangangahulugang "pantaong lipunan na natatag at kumikilos na hiwalay sa Diyos." Ang isang pag-uugali ng pagsasarili ay ang diwa ng Pagkahulog at paghihimagsik ng tao (cf. Genesis 3). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Juan 14:17.

▣ **"ang pagtatagumpay"** Ito ay isang anyong PANGNGALAN (*nikos*) ng PANDIWANG "nakapanaig." Sa dulo ng v. 4 ang AORIST TAHAS PANDIWARI ng katulad na salitang-ugat ay ginamit. Pagkatapos muli sa v. 5 isa pang anyo ng PANDIWARI *nikos* ay ginamit. Ang mga mananampalataya ay mga nakapanaig at magpapatuloy na maging matagumpay sa pamamagitan ng tagumpay ni Kristo sa sanglibutan. The salitang "nike," na kilalang-kilala ngayon bilang isang gumagawa ng sapatos ng pag-tenis, ay ang Griyegong pangalan para sa diyosa ng tagumpay.

▣ **"ang ating pananampalataya"** Ito lang ang gamit ng anyong PANGNGALAN ng salitang "pananampalataya" (*pistis*) sa lahat ng mga sulat ni Juan! Maaaring si Juan ay nag-aalala tulong sa isang malabis na pagbibigay diin sa "tamang teolohiya" (bilang isang panuntunan ng mga paniniwala) laban sa pang-araw-araw na pagiging katulad ni Kristo. Ang PANDIWANG (*pisteuō*) ay ginamit nang malawak ni Juan. Ang ating pananampalataya ay nagbubunga na tagumpay dahil

1. ito ay nauugnay sa tagumpay ni Hesus
2. ito ay nauugnay sa ating bagong ugnayan sa Diyos
3. ito ay nauugnay sa kapangyarihan ng nanananahang Banal na Espiritu

Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa Juan 1:7; 2:23; at I Juan 2:10.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:5-12

**5At sino ang dumadaig sa sanglibutan, kundi yaong nananampalatayang si Hesus ay anak ng Diyos? 6Ito yaong naparito sa pamamagitan ng tubig at dugo, sa makatuwid ay si Hesukristo; hindi sa tubig lamang, kundi sa tubig at sa dugo. 7At ang Espiritu ang nagpapatotoo, sapagka't ang Espiritu ay katotohanan. 8Sapagka't may tatlong nagpapatotoo, ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo: at ang tatlo ay nagkakaisa. 9Kung tinatanggap natin ang patotoo ng mga tao, ay lalong dakila ang patotoo ng Diyos, sapagka't ito ang patotoo ng Diyos: sapagka't ito papatotoo tungkol sa kaniyang Anak. 10Ang nananampalataya sa Anak ng Diyos ay may patotoo sa kaniya: ang hindi nananampalataya sa Diyos ay ginagawang isang sinungaling ang Diyos: sapagka't hindi sumampalataya sa patotoo na ibinigay ng Diyos tungkol sa kaniyang Anak. 11At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Diyos ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa kaniyang Anak. 12Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay.**

**5:5 "si Hesus ay anak ng Diyos"** Ang talatang ito ay maliwanag na ipinapaliwanag ang nilalaman ng ating pananampalataya, na nabanggit sa v. 4. Ang ating tagumpay is ang pagtatapat ng ating pananampalataya/ pagpapahayag ng pagtitiwala kay Hesus, na kapwa lubos na tao at lubos na Diyos (cf. 4:1-6). Pansinin na ang mga mananampalataya ay pinaninindigan na si Hesus ay (1) ang Mesias (v. 1); (2) ipinanganak ng Diyos (v. 1); (3) Anak ng Diyos (vv. 5,10); at (4) ang Buhay (cf. 1:2; 5:20). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Juan 2:23, na nagtatala na ang lahat ng *hoti* SUGNAY ay kaugnay sa PANDIWANG "maniniwala."

▣ **"Anak ng Diyos"** Tingnan ang Natatanging Paksa sa 3:8.

**5:6 "Ito yaong naparito"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PANDIWARI na nagbibigay-diin sa Pagkakatawang-tao (si Hesus bilang kapwa tao at Diyos) at Kanyang sakripisyong kamatayan, na kapwa itinatanggi ng mga bulaang mangangaral.

▣ **"pamamagitan ng tubig at dugo"** Tila ito na ang "tubig" ay tumutukoy sa pisikal kapanganakan ni Hesus (cf. Juan 3:1-9) at "dugo" ay tumutukoy sa Kaniyang pisikal ng kamatayan. Sa kaugnay na kahulugan sa pagtanggi ng mga Nostikong bulaang mangangaral sa tunay nag pagkatao ni Hesus, ang dalawang karanasan ang nagbubuod at naghahayag ng Kanyang pagkatao.

Ang isa pang opsyon na kaugnay sa mga Nostikong bulaang mangangaral (Cerinthus) ay ang "water" sa tumutukoy sa bautismo ni Hesus. Kanilang binibigyang-diin na ang "Espiritu ni Kristo" ay dumating sa taong si Hesus sa Kanyang bautismo (tubig) at iniwan ang taong si Hesus bago ang Kanyang kamantayan sa krus (dugo, tingnan ang isang mahusay na buod ng NASB Study Bible, p. 1835).

Ang pangatlong opsyon ay kaugnayan ng parirala sa kamatayan ni Hesus. Ang sibat ay nagdulot ng "dugo at tubig" (cf. Juan 19:34) upang dumaloy. Ang mga bulaang mangangaral ay maaaring pinababa ang panghaliling kamayatan ni Hesus na alang-alang sa iba.

▣ **"ang Espiritu ang nagpapatotoo"** Ang tungkulin ng Banal na Espiritu ay upang maihayag ang ebanghelyo. Siya ay bahagi na Trinidad na nagususmbat ng kasalanan, umaakay papunta kay Kristo, nag-babautismo sa kay Kristo, at binubuo si Kristo sa mananampalataya (cf. Juan 16:7-15). Ang Espiritu palaging nagpapatotoo kay Kristo, hindi sa Kanyang sarili (cf. Juan 15:26).

▣ **"ang Espiritu ay katotohanan"** (cf. Juan 14:17; 15:26; 16:13; I Juan 4:6). Tingnan ang Mga Natatanging Paksa sa Juan 6:55 at Juan 17:3.

**5:7** Mayroong mga alinlangan sa mga salin sa Ingles kung saan nagsimula at natapos ang vv. 6,7, at 8. Ang bahagi ng v. 7 na matatagpuan sa KJV na nagsasabing "sa kalangitan, the Ama, ang Salita at ang Banal na Espiritu, at ang tatlong ito ay iisa," ay hindi matatagpuan sa tatlong pangunahing sinaunalg ansyelo ng mga Griyegong kasulatan sa NT: Alexandrinus (A), Vaticanus (B), o Sinaiticus (א), osa Byzantine na pamilya ng kasulatan. Ito lamang ay nakita sa apat na huling miniskula ng kasulatan.

1. MS 61, noong ika-16 na siglo
2. MS 88 noong ika-12 na siglo, na ang talata ay isiningit sa gilid sa pamamagitan ng isang nahuling sulat-kamay
3. MS 629, noong ika-14 o ika-15 na siglo
4. MS 635, noong ika-11 na siglo, na ang talata ay isiningit sa gilid sa pamamagitan ng isang nahuling sulat-kamay

Ang talatang ito ay hindi sinipi ng sinumang sa mga Naunang mga Ama ng Iglesiya, kahit na sa kanilang mga pang-doktrinang pagtatalo patungkol sa Trinidad. Ito ay hindi makita sa lahat ng mga sinaunang salin maliban sa isang nahuling pamiliya ng kasulatang Latin (*Sixto-Clementine*). Ito ay hindi sa Lumang Latin o ang Vulgata ni Jerome. Ito ay naunang lumitaw sa isang kapahayagan ng siang Kastilang si Priscilliano, isang erehe, na namatay noong A.D. 385. Ito ay sinipi ng mga Ama sa Latin sa Hilagang Aprika at Italya noong ika-5 siglo. Ang talatang ito ay tiyak na hindi bahagi ng orihinal na kinasihang mga salita ng I Juan.

Ang biblikal na doktrina ng iisang Diyos (monoteismo) ngunit nahahayag sa tatlong persona (Ama, Anak, at Espiritu) ay hindi makakaapekto sa pagtangig ng talatang ito. Bagaman ito ay totoo na ang Bibliya ay hindi kailanman gumagamit ng salitang "trinidad," maraming mga talata sa bibliya ang nagpapahayag na ang lahat ng tatlong persona ng Diyos ay kumikilos na magkasama:

1. Sa bautismo ni Hesus (Mateo 3:16-17)
2. Ang dakilang komisyon (Mateo 28:19)
3. Ang ipinadalang Espiritu (Juan 14:26)
4. Ang sermon ni Pedro sa Pentecost (Gawa 2:33-34)
5. Ang pagtalakay ni Pablo ng laman at espiritu (Roma 8:7-10)
6. Ang pagtalakay ni Pablo sa mga kaloob ng espiritu (I Corinto 12:4-6)
7. Ang mga panukalang paglalakbay ni Pablo (II Corinto 1:21-22)
8. Ang pagbabasbas ni Pablo (II Corinto 13:14)
9. Ang pagtalakay ni Pablo sa kapuspusan ng panahon (Galacia 4:4-6)
10. Ang panalangin ng pagpupuri ni Pablo sa Ama (Efeso 1:3-14)
11. Ang pagtalakay ni Pablo sa dating pagkakahiwala ng mga Hentil (Efeso 2:18)
12. Ang pagtalakay ni Pablo sa pagiging isa ng Diyos (Efeso 4:4-6)
13. Ang pagtalakay ni Pablo sa kabaitan ng Diyos (Tito 3:4-6)
14. Ang panimula ni Pedro (I Pedro 1:2)

Tingnan ang Natatanging Paksa ng Trinidad sa Juan 14:26.

**5:8 "ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo: at ang tatlo ay nagkakaisa"** Sa OT dalawa o tatlong mga saksi ang kailangan upang patunayan ang isang bagay (cf. Deuteronomiyo 17:6; 19:15). Dito, ang makasaysayang yugto sa buhay ni Hesus ay binigay bilang isang saksi sa Kanyang lubusang pagkatao at pagka-Diyos. Sa talatang ito, "tubig" at "tubig" ay nabanggit muli kasama ng "ang Espiritu." Ang mga salitang "tubig" at "dugo" ay binanggit sa v. 6. Ang "Espiritu" ay maaaring tumukoy sa bautismo ni Hesus dahil sa pumapanaog na kalapati. May ilang hindi pagkakaunawaan sa tiyak na pangkasaysayang pagkabanggit ang kinatawang ng bawa't-isan sa tatlo. Sila ay kailangang maiugnay sa pagtanggi mga bulaang mangangaral sa tunay na pagkatao ni Hesus.

**5:9 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na ipinalalagay na totoo mula sa pananaw ng mak-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Ang mga Iglesiyang sinusulatan ni Juan ay nagugulimihanan dahil tila narinig nila ang pangangaral at katuruan ng mga gurong Nostiks.

▣ **"Kung tinatanggap natin ang patotoo ng mga tao, ay lalong dakila ang patotoo ng Diyos"** Ang patoto ng Diyos, sa kaugnay na kahulugan, ay tumutukoy sa

1. Patotoo ng Banal na Espiritu
2. Patotoo ng mga Apostol sa buhay sa mundo at kamatayan ni Hesus (e.g., 1:1-3)

▣ **"sapagka't ito papatotoo tungkol sa Kaniyang Anak"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagpapahiwatig na nag pagkilos sa nakalipas ay dumating sa kalagayan ng paghantong at pamamalagi. Ito ay maaaring tumukoy sa panindigang tinig ng Diyos sa bautismo ni Hesus (cf. Mateo 3:17) o sa Kanyang pagbabagong-anyo (cf. Mateo 17:5; Juan 5:32,37; 8:18) o ang kapwa pagtala sa Banal na Kasulatan (i.e., the Ebanghelyos). Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Saksi kay Hesus sa Juan 1:8.

**5:10 "ay may patotoo sa kaniya"** Maaaring ipaliwanag ang parirala sa dalawang kaparaanan.

1. Ang pansariling panloob na patotoo ng Espiritu sa mga mananampalataya (cf. Roma 8:16)
2. Ang katotohanan ng ebanghelyo (cf. Pahayag 6:10; 12:17; 19:10)

Tingnan ang Natatanging Paksa: Mga Saksi kay Hesus sa Juan 1:8.

▣ **"ay ginagawang isang sinungaling ang Diyos"** Ito ay isa pang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Ang sinumang tumanggi sa patotoo ng Apostol patungkol kay Hesus at tinatanggi ang Diyos (cf. v. 12) dahil ginagawa nilang isang sinungaling ang Diyos.

▣ **"sapagka't hindi sumampalataya"** Ito ay isa pang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagbibig-diin sa napagpasyahang kalagayan ng hindi maliligtas.

**5:11-12 "na tayo'y binigyan ng Diyos ng buhay na walang hanggan"** Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na nagsasabi ng isang nakalipas na pagkilos o natapos na pagkilos (cf. Juan 3:16). Ang walang hangang buhay ay binigyan ng kahulugan sa Juan 17:3. Sa ilang mga pagkakataon, ang parirala ay tumukoy kay Hesus mismo (cf. 1:2; 5:20), sa iba naman, it ay isang kaloob mula sa Diyos (cf. 2:25; 5:11; Juan 10:28), na tinanggap sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo (cf. 5:13; Juan 3:16). Ang sinuman ay hindi maaaring magkaroon ng ugnayan sa Ama kung walang personal na pananampalataya sa Anak!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:13-15

**[13]Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong maalaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan, sa makatuwid ay sa inyong nananampalataya sa pangalan ng Anak ng Diyos. [14]At ito ang nasa ating pagkakatiwala sa kaniya, na kung tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa kaniyang kalooban, ay dinidinig tayo niya: [15]At kung ating nalalaman na tayo'y dinidinig niya sa anomang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa kaniya'y ating hiningi.**

**5:13 "nananampalataya sa pangalan"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN TAHAS PANDIWARI, na nagbibigay-diin na nagpapatuloy na pananampalataya. Ito ay hindi isang mahiwaga o malihin na paggamit ng pangalan (tulang ng mistisismo ng Hudyo batay sa mga pangalan ng Diyos, *Kabbalah*), ngunit ang OT ay ginamit ang pangalan bilang isang pamalit sa persona. Tingnan ang Natatanging Paksa sa Juan 2:23.

▣ **"upang inyong maalaman"** Ito ay isang GANAP NA TAHAS NA ASAKALI (*oida* ay nasa GANAP na anyo, ngunit isinalin bilang PANGKASALUKUYAN). Ang katiyakan ng kaligtasan ay isang susing kaisipan, at isang kadalasang inihahayag na layunin ng I Juan. May dalawang Griyegong magkasingkahulugan (*oida* at *ginōskō*) na ginamit sa lahat ng dako ng sulat/ pangangaral na isinasalin na "malaman." Ito ay maliwanag na nag katiyakan ay pamana sa lahat ng mga mananampalataya! Ito ay maliwanag din na dahil sa lokal na kalalagayan at kaugnayan sa kultura, ngayon may mga tunay na mga mananampalataya na walang katiyakan. Ang talatang ito ay katulad sa teolohiya ng pagwawakas ng of Juan (cf. 20:31).

Ang pagwawakas na kaugnay na kahulugan sa I Juan (5:13-20) ay nagtala ng pitong mga bagay na dapat malaman ng mga mananampalataya. Ang kanilang kaalaman sa mga katotohanan ng ebanghelyo ay nagtatakda ng isang pananaw sa mndo, na kung isasama sa personal na pananampalataya kay Kristo, ay ang sandigang bato ng katiyakan.

1. mga mananampalataya ay may walang hanggang buhay (v. 13, *oida*, GANAP NA TAHAS PASAKALI)
2. dinidinig ng Diyos ang mga panalangin ng mga mananampalataya (v. 15, *oida*, GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)

3. tumutugon ang Diyos sa mga panalangin ng mananampalataya (v. 14, *oida*, GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
4. mga mananampalataya ay ipinanganak ng Diyos (v. 18, *oida*, GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
5. mga mananampalataya ay sa (mula sa) Diyos (v. 19, *oida*, GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
6. mga mananampalataya ay nalalaman na dumating ang Mesias at binigyan sila ng kaunawaan (v. 20, *oida*, GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG)
7. mga mananampalataya ay nakikilala ang Isang tunay – alinman sa Ama o Anak (v. 20, *ginōskō*, PANGKASALUKUYAN TAHAS PASAKALI)

## NATATANGING PAKSA: KATIYAKAN

A. Maaari bang malaman ng Kristiyano na siya nga ay ligtas (cf. I Juan 5:13)? Ang I Juan ay may tatlong pagsusuri o mga katunayan.
   1. Pang-Doktrina (pananampalataya) (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:11-12)
   2. Pamumuhay (pagsunod) (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10; 5:18)
   3. Panlipunan (pag-ibig) (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)
B. Ang katiyakan ay naging paksang pang-denominasyonal
   1. Si John Calvin ay binatay ang katiyakan sa pagpili ng Diyos. Sinabi niya na hindi kailanman tayo magiging tiyak sa buhay na ito.
   2. Si John Wesley ay binatay ang katiyaka sa karanasang pang-relihiyon. Naniniwala siya na mayroon tayong kakayahan na mabuhay na higit sa kilalang kasalanan
   3. Ang Romano Katoliko at ang Iglesiya ni Kristo ay binatay ang katiyakan sa isang nakapangyayaring Iglesiya. Ang pangkat na kung saan ang isa ay kabilang ay ang susi sa katiyakan.
   4. Karamihan ng mga evangelical ay binatay ang katiyakan sa mga pangako ng Bibliya, na nauugnay sa bunga ng Espiritu sa buhay ng mga mananampalataya (cf. Galacia 5:22-23).
C. Sa aking palagay ang pangunahing katiyakan ng nalugmok na sangkatauhan ay maiuugnay sa katangian ng Trinidad na Diyos
   1. Pag-ibig ng Diyos Ama
      a. Juan 3:16; 10:28-29
      b. Roma 8:31-39
      c. Efeso 2:5,8-9
      d. Filipos 1:6
      e. I Pedro 1:3-5
      f. Juan 4:7-21
   2. Pagkilos ng Diyos Anak
      a. Kamatayang para sa atin
         1) Gawa 2:23
         2) Roma 5:6-11
         3) II Corinto 5:21
         4) I Juan 2:2; 4:9-10
      b. Panalanging pang-punong saserdote (Juan 17:12)
      c. Nagpapatuloy na pamamagita
         1) Roma 8:34
         2) Hebreo 7:25
         3) I Juan 2:1
   3. Gawain ng Diyos Espiritu
      a. pagtawag (Juan 6:44,65)
      b. pagtatak
         1) II Corinto 1:22; 5:5
         2) Efeso 1:13-14; 4:3
      c. pagtitiyak
         1) Roma 8:16-17
         2) I Juan 5:7-13
D. Ngunit ang sangkatauhan ay kailangan tumugon sa pangkasunduang kaloob ng Diyos (kapwa sa pasimula at sa pagpapatuloy)
   1. Ang mga mananampalataya ay kailangang talikuran ang kasalanan (pagsisisi) at sa Diyos sa pamamagitan ni Hesus (pananampalataya)
      a. Marcos 1:15
      b. Gawa 3:16,19; 20:21
   2. Ang mga mananampalataya ay kailangang tanggapin ang kaloob ng Diyos kay Kristo

a. Juan 1:12; 3:16
b. Roma 5:1 (at by analogy 10:9-13)
c. Efeso 2:5,8-9

3. Ang mga mananampalataya ay kailangang magpatuloy sa pananampalataya
   a. Marcos 13:13
   b. I Corinto 15:2
   c. Galacia 6:9
   d. Hebreo 3:14
   e. II Pedro 1:10
   f. Judas 20-21
   g. Pahayag 2:2-3,7,10,17,19,25-26; 3:5,10,11,21
4. Ang mga mananampalataya ay haharap sa tatlong pagsusuri
   a. doktrinal (vv. 1,5,10; 2:18-25; 4:1-6,14-16)
   b. pamumuhay (vv. 2-3; 2:3-6; 3:1-10)
   c. panlipunan (vv, 2-3; 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12, 16-21)

E. Ang katiyakan ay mahirap dahil
   1. Kadalasan ang mga mananampalataya ay naghahanap ng isang karanasan hindi ng pangako ng Bibliya
   2. Kadalasan ang mga mananampalataya ay hindi lubusang nauunawaan ang ebanghelyo
   3. Kadalasan ang mga mananampalataya ay nagpapatuloy sa sinasadyang kasalanan (cf. I Corinto 3:10-15; 9:27; I Timoteo 1:19-20; II Timoteo 4:10; II Pedro 1:8-11)
   4. Isang uri ng personalidad (i.e., perfectionists) ay hindi maaaring tumanggap sa walang kondisyong pagtanggap at pag-ibig ng Diyos
   5. Sa Biblya mayroong mga halimbawa ng mga huwag na paghahayag na pananampalataya (cf. Mateo 13:3-23; 7:21-23; Marcos 4:14-20; II Pedro 2:19-20; I Juan 2:18-19)

**5:14 "ito ang nasa ating pagkakatiwala sa Kaniya"** Ito ay isang inuulit na paksa (cf. 2:28; 3:21; 4:17). Ito ay nagpapahayag ng katapangan o kalayaan na mayroon tayon sa paglapit sa Diyos (cf. Hebreo 4:16). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Juan 7:4.

▣ **"kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nangangahulagan ng maaaring pagkilos.

▣ **"tayo'y humingi ng anomang bagay na ayon sa Kaniyang kalooban"** Ang mga pahayag ni Juan ay tila walang katapusan sa kakayahan ng mga mananampalataya na magsumamo sa Diyos. Kung papaano at para kanino ang isa nananalangin ay isa pang katunayan ng isang tunay na mananampalataya. Gayunman, sa karagdagang pagsusuri, ating mauunawaan na ang panalangin ay hindi ang paghingi para sa ating kalooban, ngunit paghingi para sa kalooban ng Diyos sa ating mga buhay (cf. 3:22; Mateo 6:10; Marcos 14:36). Tingnan ang Buong Tala sa 3:22. Para sa Natatanging Paksa: Ang Kalooban ng Diyos, tingnan sa Juan 4:34. Tingnan ang Natatanging Paksa: Panalangin, Walang Hanggan ngunit May Hangganan sa 3:22.

## NATATANGING PAKSA: ANG PANALANGIN NG PAMAMAGITAN

I. Panimula
   A. Ang panalangin ay mahalaga dahil sa halimbawa ni Hesus
      1. Pansariling panalangin, Marcos 1:35; Lucas 3:21; 6:12; 9:29; 22:31-46
      2. Paglilinis ng Templo, Mateo 21:13; Marcos 11:17; Lucas 19:46
      3. Tutularang panalangin, Mateo 6:5-13; Lucas 11:2-4
   B. Ang panalangin ay paglalagak sa tiyak na pagkilos ang ating pananampalataya sa isang personal, mapagkalingang Diyos na sa ating harapan, nakahanda, at may kakayahang kumilos sa ganang atin at sa iba, sa pamamagitan ng ating mga pangalangin.
   C. Ang Diyos ay may pangsariling pagtatakda sa Kanyang sarili upang kumilos sa mga panalangin ng Kanyang mga anak sa maraming saklaw (cf. Santiago 4:2)
   D. Ang pangunahing layunin ng panalangin ay ang ating pakikipag-ugnayan at panahon kasama ang Trinidad na Diyos.
   E. Ang saklaw ng panalangin ay kahit ano o kahit na sino na may kinalaman sa mga mananampalataya. Maaari tayong manalangin nang minsan, na nananampalataya, o paulit-ulit ang kaisipan o pangangailangan ay bumabalik.
   F. Ang Panalangin ay kinapapalooban ng maraming sangkap
      1. pagpuri at pagsamba sa Trinidad na Diyos
      2. pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang presensya, pakikipag-ugnayan, at pagtutustos ng pangangailangan
      3. paghahayag ng ating pagiging makasalanan, kapwa sa nakalipas at kasalukuyan
      4. pagsusumamo para sa ating mga nadamang mga pangangailangan o mga pagnanais

5. tagapamagitan sa ating mga pinanghahawakang mga pangangailangan ng iba sa harapan ng Ama

G. Ang panalangin ng pamamagitan ay isang hiwaga. Iniibig ng Diyos ang ating mga pinapanalangin na higit kaysa sa atin, gayunman, ang ating mga panalangin ay kadalasang gumagawa ng isang pagbabago, pagtungon, o pangangailangan, hindi lang sa ating mga sarili, kundi sa kanila.

II. Biblikal na Sangkap
- A. Lumang Tipan
  1. Some examples of intercessory panalangin:
     - a. Pagsusumamo ni Abraham para sa Sodom, Genesis 18:22ff
     - b. Mga panalangin ni Moises para sa Israel
       - (1) Exodo 5:22-23
       - (2) Exodo 32:31ff
       - (3) Deuteronomio 5:5
       - (4) Deuteronomio 9:18,25ff
     - c. Si Samuel ay nanalangin para sa Israel:
       - (1) I Samuel 7:5-6,8-9
       - (2) I Samuel 12:16-23
       - (3) I Samuel 15:11
     - d. Si David para sa kanyang anak, II Samuel 12:16-18
  2. Ang Diyos ay naghahanap ng tagapamagitan, Isaias 59:16
  3. Ang batid, hindi napagsisihang kasalanan o ang ugaling walang pagsisisi ay nakakaapekto sa ating mga panalangin
     - a. Awit 66:18
     - b. Kawikaan 28:9
     - c. Isaias 59:1-2; 64:7
- B. Bagong Tipan
  1. Ang gawaing pamamagitan ng Anak at Espiritu
     - a. Si Hesus
       - (1) Roma 8:34
       - (2) Hebreo 7:25
       - (3) I Juan 2:1
     - b. Banal na Espiritu, Roma 8:26-27
  2. Ang gawaing pamamagitan ni Pablo
     - a. Mga panalangin para sa mga Hudyo
       - (1) Roma 9:1ff
       - (2) Roma 10:1
     - b. Mga panalangin para sa mga iglesiya
       - (1) Roma 1:9
       - (2) Efeso 1:16
       - (3) Filipos 1:3-4,9
       - (4) Colosas 1:3,9
       - (5) I Thesalonica 1:2-3
       - (6) II Thesalonica 1:11
       - (7) II Timoteo 1:3
       - (8) Filemon, v. 4
     - c. Si Pablo ay humiling sa mga iglesiya na siya ay ipanalangin
       - (1) Roma 15:30
       - (2) II Corinto 1:11
       - (3) Efeso 6:19
       - (4) Colosas 4:3
       - (5) I Thesalonica 5:25
       - (6) II Thesalonica 3:1
  3. Ang gawaing pamamagitan ng iglesiya
     - a. Panalangin sa isa’t-isa

(1) Efeso 6:18
(2) I Timoteo 2:1
(3) Santiago 5:16

b. Panalanging ipinamamanhik para sa mga natatanging pangkat
(1) Ating mga kaaway, Mateo 5:44
(2) Mga Kristiyanong manggagawa, Hebreo 13:18
(3) Mga namumuno, I Timoteo 2:2
(4) Sa may-sakit, Santiago 5:13-16
(5) Sa mga tumalikod, I Juan 5:16

III. Mga batayan para sa mga tinugunang panalangin
A. Ang ating pakikipag-ugnayan kay Kristo at sa Espiritu
1. Manatili sa Kaniya, Juan 15:7
2. Sa Kanyang pangalan, Juan 14:13,14; 15:16; 16:23-24
3. Sa Espiritu, Efeso 6:18; Judas 20
4. Ayon sa kalooban Diyos, Mateo 6:10; I Juan 3:22; 5:14-15

B. Mga Dahilan
1. Hindi nagaalinglangan, Mateo 21:22; Santiago 1:6-7
2. pakumbabaan at pagsisisi, Lucas 18:9-14
3. Maling paghingi, Santiago 4:3
4. Pagiging makasarili, Santiago 4:2-3

C. Other aspects
1. Kasigasigan
a. Lucas 18:1-8
b. Colosas 4:2
2. Palaging paghingi
a. Mateo 7:7-8
b. Lucas 11:5-13
c. Santiago 1:5
3. Hindi pagkakasundo sa tahanan, I Pedro 3:7
4. Malaya sa mga batid na kasalanan
a. Awit 66:18
b. Kawikaan 28:9
c. Isaias 59:1-2
d. Isaias 64:7

IV. Teolohikong Buod
A. Anong isang tanging karapan. Anong isang pagkakataon. Anong isang tungkulin at pananagutan
B. Si Hesus ang ating halimbawa. Ang Espiritu ay ating gabay. Ang Ama ay masugid na naghihintay.
C. Maaari itong makapagpabago sa iyo, iyong pamilya, iyong mga kaibigan, at sa sanglibutan.

**5:15 "kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP (ngunit may *ean* at MAY PAHIWATIG, tingnan sa A. T. Robertson, *Word Pictures in the New Testament*, p. 243) na ipinapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang layuning pangpanitikan. Ito ay isang di-karaniwang pangungusap na may pahiwatig.

1. Ito ay mayroong *ean* sa halip na *ei* (cf. Gawa 8:31; I Thesalonica 3:8)
2. Ito ay mayroong *ean* na kaugnay ng isang PASAKALI (i.e., magtanong), na karaniwan balangkas na pangbalirala para sa PANGATLONG URING MAY PASUBALI
3. May MGA PANGATLONG URING MAY PASUBALI in vv. 14 at 16
4. Ang teolohiya ng Kristiyanong panalangin ay maiuugnay sa kalooban ng Diyos (v. 14) at sa pangalan ni Hesus (v. 13)

▣ **"ating nalalaman"** Ito ay pang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG, na isinaling bilang isang PANGKASALUKUYAN, na katulad ng v. 14. Ito ang katiyakan ng mga mananampalataya na ang Ama dumidinig at tumutugon sa Kanyang mga anak.

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:16-17

**[16]Kung makita ng sinoman na ang kaniyang kapatid ay nagkakasala ng kasalanang hindi ikamamatay, ay idalangin**

**siya at bibigyan siya ng Diyos ng buhay, na ukol sa mga nagkakasala nang hindi ikamamatay. May kasalanang ikamamatay: hindi tungkol dito ang sinasabi ko na idalangin niya. [17]Lahat ng kalikuan ay kasalanan: at may kasalanang hindi ikamamatay.**

**5:16 "Kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na nangangahulugan ng maaaring pagkilos. Ang Talata 16 ay nagbibigay-diin sa ating pangangailangang manalangin para sa ating mga kapwa Kristiyano (cf. Galacia 6:1; Santiago 5:13-18) sa loob ng ilang katakdaan (hindi para sa kasalanan sa kamatayan), na tila nauugnay sa mga bulaang mangangaral (cf. II Pedro 2).

▣ **"makita ng sinoman na ang kaniyang kapatid ay nagkakasala ng kasalanang hindi ikamamatay"** Itinala ni Juan ang maraming kaurian ng kasalanan. Ang ilan ay may kaugnayan sa (1) pakikipag-ugnayan sa Diyos; (2) pakikipag-ugnayan sa mga mananampalataya; at (3) pakikipag-ugnayan sa sanglibutan. Ang hantungang kasalanan ay ang pagtanggi sa pagtitiwala/ paniniwala/pananampalataya kay Hesukristo. Ito ay kasalanan sa hantungang kamatayan! Si W. T. Conners sa kanyang *Christian Doctrine*, ay nagsabing:

> "Hindi ito nangangahulugan, gayunman, ang di-pananampalataya sa diwa ng isang pagtanggi na tanggapin ang isang doktrina o dogma. Ito ay di-pananampalataya sa pagtanggi ng sinuman sa moral at in one's rejection of moral at espirituwal na liwanag, lalo na bilang liwanag na kinakatawan ni Hesukristo. Ito ang pagtanggi sa pangwakas ni kapahayagan ng Diyos sa Kanyang sarili na ginawa kay Kristo. Nang ang pagtangging ito ay naging tiyak at kinusa, ito ay naging kasalanan patungong kamatayan (I Juan 5:13-17). Ito samakatuwid ay naging moral na pagpapatiwakal. Ito ay pagtatanggal ng isang sariling espirituwal na mata. Ito ay hindi mangyayari maliban sa kaugnaya ni sa isang mataas na antas ng kaliwanagan. Ito ay sinasadya, kinukusa, masamang hangarin na pagtanggi kay Kristo bilang kapahayagan ng Diyos, na nalalamang Siya nga ay isang kapahayagan. Ito ang sinasadyang pagtawag ng puti sa itim" (pp. 135-136).

## NATATANGING PAKSA: ANO ANG KASALANANG PATUNGO SA KAMATAYAN

A. Mga isaalang-alang sa Hermeneutics
  1. Ang wastong pagkakilala ay kailangang maiugnay sa pangkasaysayang pinangyarihan ng I Juan
    a. Ang presensya ng Nostikong mga bulaang mangangaral sa mga iglesiya (cf. 2:19,26; 3:7; II Juan 7)
      (1) Ang mga "Cerinthian" Nostik ay nagtuturo na ang taong si Hesus ay tinanggap ang espiritu ni Kristo sa kanyang bautismo at ang espiritu ni Kristo ay lumisan bago ang kanyang kamatayan sa krus (cf. 5:6-8)
      (2) Ang mga docetic Nostik ay nagtuturo na si Hesus ay isang Diyos na espiritu, hindi isang tunay na taong nilalang (cf. 1:1-3)
      (3) Ang Nostisismo na lumitaw sa mga isinulat noong ikalawang siglo ay naghayag ng dalawang magkaibang pananaw tungkol sa katawan ng tao
        (a) Yamang ang kaligtasan ay isang katotohanan na nahayag sa kaisipan, ang katawan ng tao ay ay walang kinalaman sa espirituwal na mundo. Samakatuwid, kahit anong gustuhin nito ay makukuha nito. Ito ay kadalasang tumutukoy sa mga walang-batas o libertinong Nostik.
        (b) Ang ibang pangkat ay nagpalagay na dahil ang katawan ay likas na masama (i.e., Griyego kaisipan), ang alinmang pagnanasa ng katawan ay kailangang iwasan. Ito ay tinatawag na mga Asetikong Nostik.
    b. these mga bulaang mangangaral ay iniwan ang iglesiya (cf. 2:19), ngunit hindi ang kanilag impluwensiya!
  2. Ang wastong pagpapakilala ay kailangang nauugnay sa pangpanitikang kaugnay na kahulugan ng buong aklat
    a. Ang I Juan ay isinulat upang kalabanin ang bulaang pagtuturo at tinitiyak ang tunay na mga mananampalataya
    b. Ang dalawang layunin ang maaaaring makita sa pagsusuri ng tunay na mga mananampalataya
      (1) Pang-doktrina
        (a) Si Hesus ay buong tao (cf. 1:1-3; 4:14)
        (b) Si Hesus ay buong Diyos (cf. 1:2; 5:20)
        (c) Ang sangkatauhan ay makasalanan at may pananagutan sa isang banal na Diyos (cf. 1:6,10)
        (d) Ang mga tao ay pinatawad dita at ginawang tama sa Diyos sa pamamagitan ng
          i. kamatayan ni Hesus (cf. 1:7; 2:1-2; 3:16; 4:9-10,14; 5:6-8)
          ii. pananampalataya kay Hesus (cf. 1:9; 3:23; 4:15; 5:1,4-5,10-12,13)
      (2) practikal (positibo)
        (a) pagsunod ng pamumuhay (cf. 2:3-5; 3:22,24; 5:2-3)
        (b) pag-ibig ng pamumuhay (2:10; 3:11,14,18,23; 4:7,11-12,16-18,21)
        (c) pagiging katulad ni Kristo ang pamumuhay (hindi nagkakasala, cf. 1:7; 2:6,29; 3:6-9; 5:18)
        (d) tagumpay ng pamumuhay laban sa masama (cf. 2:13,14; 4:4; 5:4)
        (e) Ang Kanyang salita ay nananatili sa kanila (cf. 1:10; 2:14)

(f) Mayroon silang Espiritu (cf. 3:24; 4:4-6,13)
(g) Tinutugunang panalangin (cf 5:14-15)
(3) praktikal (negatibo)
(a) kasalanan ng pamumuhay (cf. 3:8-10)
(b) pagkagalit ng pamumuhay (cf. 2:9,11; 3:15; 4:20)
(c) Di-pagsunod na pamumuhay (cf. 2:4; 3:4)
(d) pag-ibig sa sanglibutan (cf. 2:15-16)
(e) pagtanggi kay Kristo (tinatanggi ang Ama at Anak, cf. 2:22-23; 4:2-3; 5:10-12)

3. Ang wastong pagpapakilala ay kailangan maiugnay sa partikular na bagay na nauukol sa tala (cf. 5:16-17)
   a. Ang salitang "kapatid" ng v. 16 ba ay maiuugnay sa kapwa sa kanilang nakagawa ng kasalanan na hindi nagdudulot ng kamatayan at sa kanila na nakagawa kasalanan na nagdudulot ng kamatayan?
   b. Ang mga nagkasala ba ay minsang naging mga kaanib sa iglesiya (cf. 2:19)?
   c. Ano ang kahalagahan sa talata ng:
      (1) Walang pangtukoy kasama ang "kasalanan"?
      (2) Ang PANDIWANG "nakakita" bilang isang PANGATLONG URING MAY PASUBALI na may AORIST NA TAHAS NA PASAKALI?
   d. Paano maipapanumbalik ng mga panalangin ng isang Kristiyano (cf. Santiago 5:15-16) ang walang hanggang buhay "*zōē*" sa iba pa na walang personal na pagsisisi ng makasalanan?
   e. Paaano maiuugnay ang v. 17 sa mga uri ng kasalanan (patungong kamatayan, hindi patungong kamatayan)?

B. Mga teolohikong suliranin
1. Kailangan bang subukan ng tagapagsalin na maiugnay ang talatang ito sa
   a. Sa "di-mapapatawad" na kasalanan ng mga Ebanghelyo
   b. ang "minsang lang" na kasalanan ng Hebreo 6 at 10

   Ang kaugnay na kahulugan ng I Juan ay tila katulad ng di-mapapatawad na kasalanan ng mga Fariseo sa panahon ni Hesus (cf. Mateo 12:22-37; Marcos 3:2-29) gayundin sa mga hindi manananpalatayang mga Hudyo ng Hebreo 6 at 10. Lahat ng tatlong pangkat (mga Fariseo, hindi nananampalatayang mga Hudyo, at mga Nostikong bulaang mangangaral) na maliwanag na nakarinig ng ebanghelyo, ngunit kanilang tinanggihan ang manamapalataya kay Hesus Kristo.

2. Kailangan bang ang mga tanong ng makabagong pananampalataya ay maging isang teolohikong pagkakahati-hati upang isaalang-alang ang talatang ito?

   Ang pag-e-ebanghelyo ay labis na nagbigay-diin sa panimula ng karanasan ng Kristiyano at pinabayaan ang mga nagpapatuloy na katunayan ng pamumuhay sa tunay na pananampalataya. Ang ating mga maka-bagong teolohikong tanong ay makakapagpabigla sa mga unang siglong Kristiyano. Kailangan natin ng "katiyakan" batay sa mga pinilang mga "patunay na talata" at sa ating sariling mga lohikal na pangangatuwirin o mga pagkamping pang-denomination.

   Ang ating mga teolohikong pagtatanong, pagkakahati-hati, at pagkakakilanlan ay nagpahayag ng ating sariling kawalan ng tatag. Kailangan nating ang mas maraming kaalaman at paglilinaw na higit kaysa sa ipinagkakaloob ng Bibliya, upang ang ating mga sistematikong teolohiya ay makakuha ng ilang mga tipak ng Banal na Kasulatan at maghabi ng malaking sapot ng lohikal, kaluranin, partikular na doktrina!

   Ang mga salita ni Hesus sa Mateo 7 at Marcos 7 ay sapat para sa naunang iglesiya! Si Hesus ay naghahanap ng mga alagad, hindi mga kapasyahan, pangmatagalang pamumuhay pananampalataya, hindi pangmadaliang emosyonal na pananampalataya (cf. Mateo 13:10-23; Juan 8:31-59). Ang Kristiyanismo ay hindi siang hiwalay na nakalipas na pagkilos, ngunit isang nagpapatuloy na pagsisisi, pananampalataya, pagsunod, at pagtitiyaga. Ang Kristiyanismo ay hindi isang tiket papuntang langit, na nabili sa nakalipas, o isang mamalagad sa pagsisiguro sa sunog na kinuha upang kanlunging ang isang makasariling pamumuhay, walang diyos na buhay!

3. Ang kasalanan patungong kamatayan ba ay tumutukoy sa pisikal na kamatayan o walang hangang kamatayan? Ang paggamit ni Juan ng *zōē* sa kaugnay na kahulugan ay nagpapahiwatig ng kaibahan na tumutukoy sa walang hangang kamatayan. Maaari bang kunin na ng Diyos (pisikal na kamatayan) ang nagkakasalang mga anak? Ang implikasyon ng kaugnay na kahulugan ay (1) ang mga panalangin ng kapwa mga mananampalataya at (2) at ang personal pagsisisi ng may kasalanan ay pinagsama upang ipanumbalik ang mga mananampalataya, ngunit kung sila ay magpapatuloy sa isang pamumuhay na nagdadala kahihiyan sa kalipuan ng mga mananampalataya, ang maaaring bunga ay ang "wala sa oras" o maaagang paglisang pisikal sa buhay na ito. (cf. *When Critics Ask* nina Norman Geisler at Thomas Howe, p. 541)

▣ **"bibigyan siya ng *Diyos* ng buhay"** The teolohikong at leksikong suliranin dito ay ang kahulugan ng salitang "buhay" (*zoē*). Kadalasan sa mga sulat ni Juan ito ay maaaring tumukoy sa walang hangang buhay, ngunit sa kaugnay na kahulugan, ito ay tila nangangahulugan ng panunumbalik ng kalusugan o kapatawaran (i.e., tulad ng paggamit ni Santiago ng "ligtas" sa Santiago 5:13-15). Ang taong ipinapanalangin ay tinatawag na "isang kapatid" na malakas na ipinapahiwatig ang isang mananampalataya (sa pamamagitan ng sariling paggamit ni Juan ng salita para sa kanyang mambabasa).

**5:17** Ang lahat ng kasalanan ay malubha, ngunit ang lahat ng kasalanan ay maaaring mapatawag sa pamamagitan ng pagsisisi (pauna, cf. Marcos 1:15; Gawa 20:21; nagpapatuloy, cf. I Juan 1:9) at pananampalataya kay Kristo maliban sa kasalanan ng di-pananampalataya!

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:18-20

**18Nalalaman natin na ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala; datapuwa't ang ipinanganak ng Diyos ay nagiingat sa kaniyang sarili, at hindi siya ginagalaw ng masama. 19Nalalaman natin na tayo'y sa Diyos at ang buong sanglibutan ay nakahilig sa masama. 20At nalalaman natin na naparito ang Anak ng Diyos, at tayo'y binigyan ng pagkaunawa, upang ating makilala siya na totoo, at tayo'y nasa kaniya na totoo, sa makatuwid ay sa kaniyang Anak na si Hesukristo. Ito ang tunay na Diyos, at ang buhay na walang hanggan.**

**5:18 "Nalalaman natin"** Tingnan ang mga tala ng ikalawang talataan sa 5:13.

▣ **"ng sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA PANDIWARI. Ito ay isang puti o itim na pagpapahayag ng 3:6 at 9. Ang walang hangang buhay ay may kapuna-punang mga katangian. Ang mga pamumuhay ng antinomian na bulaang mangangaral ay naghahayag ng kanilang mga walang pagbabagong puso (cf. Mateo 7)!

Si Juan ay nagpapahayag ng dalawang uri ng mga bulaang mangangaral. Ang isa ay itinatanggi ang pagkakasangkot sa kasalanan (cf. 1:8-2:1) at ang isa pang pangkat ay karaniwan na ginawang walang saysay ang kasalanan (cf. 3:4-10 at dito). Ang kasalanan ay kailangang may paunang paghingi ng kapatawaran at kailangang iwasan habang nabubuhay. Ang kasalanan ay ang suliranin, isang suliranin, at nagpapatuloy na isang suliranin problem (cf. 5:21).

Si Bruce Metzger, *A Textual Commentary of the Greek New Testament* (p. 718) ay nagbibigay-diin na ang pagkakaiba sa pagkakasulat ay batay sa pananaw ng sumipi ng pariralang "ipinanganak ng Diyos" sa tumutukoy sa.

1. Kay Hesus – kung ganoon *auton* ang pinakaakma ($A^*$, $B^*$
2. mga mananampalataya – kung ganoon *eauton* ang pinakaakma (א, $A^c$)

Ang $UBS^4$ ay nagbibigay sa #1 ng "B" na antas (halos tiyak).

▣ **"ang ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat sa kaniyang sarili"** Ang unang PANDIWA ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA ANDIWARI, na nagpapahiwatig ng isang natapos na pagkilos na naisakatuparan ng isang panglabas na kinatawan (i.e., the Espiritu cf. Roma 8:11). Ito ay tumutukoy sa pagkakatawang-tao.

Ang ikalawang PANDIWA ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG na may "kanya" (*auton*). Ito ay sa literal na kahulugan ay, "ang Isa na ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat sa kanya." Ito ay tumutukoy sa nagpapatuloy na pagbibigay lakas ni Kristo sa mananampalataya. Ang saling ito ay sumusunod sa sinaunang Griyegong kasulatang ansleyo ng $A^*$ at $B^*$. Ang pagpapaliwanag na ito ay matatagpuan sa mga saling Ingles na NASB, RSV, at NIV.

Ang mga kasulatang א at $A^c$ ay may isa pang PANGHALIP, "nag-iingat sa kanyang sarili" (*eauton*) na nagpapahiwatig na ang isa na ipinanganak ng Diyos ay may ilang tungkulin na pag-ingatan ang kanyang sarili. Ang PANDIWANG ginamit dito para sa "ipinanganak" ay hindi ginamit saanman kay Hesus. Ang pansariling kaunawaan ay ginamit sa mga mananampalataya sa 3:3 at 5:21. Ito ay sinunod ng mga saling Ingles na KJV at ASV.

▣

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"hindi siya ginagalaw ng masama"** |
| **NKJV** | **"ang napakasama ay hindi siya magagalaw"** |
| **NRSV** | **"ang isang masama ay hindi siya magagalaw"** |
| **TEV** | **"ang Masama ay hindi sila masasaktan"** |
| **NJB** | **"ang Masama ay walang panghahawakan sa kaniya"** |

Ito ay isnag PANGKASALUKUYAN PANGGITNANG MAY PAHIWATIG na nangangahulugang ang masamang isa ay hindi makakapagpatuloy na "tanganan siya." Ang tanging isa pang gamit ng salitang ito sa mga sulat ni Juan ay sa kanyang Ebanghelyo, 20:17. Ito ay maliwanag sa Bibliya at karanasan na ang mga Kristiyano ay natutukso that. Mayroong tatlong pangunahing mga palagay tungkol sa kahulugan ng pariralang ito.

1. mga mananampalataya ay malaya sa kahalutan ng masama batay sa paglabag ng kautusan (pag-aaring ganap)
2. ipinapanalangin tayo ni Hesus (cf. I Juan 2:1; Lucas 22:32-33)
3. Si Satanas ay hindi maaaring makipagbuno sa ating kaligtasan sa atin (cf. Roma 8:31-39), gayunman siya ay maaaring hadlangan ang patotoo ng Diyos sa ating buhay at maaari, batay sa vv. 16-17, ay kunin ang mananampalataya sa sanglibutang ito nang maaga!

**5:19 "Nalalaman natin na tayo'y sa Diyos"** Ito ay ang makapagkakatiwalaang katiyaka ng pananampalataya, ang papanaw sa sanglibutan ng isang mananampalataya kay Kristo Hesus (cf. 4:6). Ang lahat ng ibang bagay ay nakabatay sa kahanga-hangang katotohanang ito (cf. v. 13). Tingnan ang talaga sa 5:13.

▣ **"ang buong sanglibutan ay nakahilig sa masama"** Ito ay isang PANGKASALUKUYAN PANGGITNANG (deponent) NA MAY PAHIWATIG (cf. Juan 12:31; 14:30; 16:11; II Corinto 4:4; Efeso 2:2; 6:12). Ito ay maaaring maganap sa pamamagitan ng (1) kasalanan ni Adan; (2) paghihimagsik ni Satanas; at (3) bawat isang pansariling pagpili sa kasalanan.

**5:20 "nalalaman natin"** Tingnan ang buong tala sa ikalawang talataan of 5:13.

▣ **"naparito ang Anak ng Diyos"** Itong PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG ay naninindigan sa pagkakatawang-to ng Diyos na Anak. Ang pagka-Diyos kasama ang isang katawang pangtao ay isang pangunahing suliranin para sa mga Nostikong bulaang mangangaral na nagbibigay-diin sa pagiging masama ng bagay.

▣ **"tayo'y binigyan ng pagkaunawa"** Ito ay isa pang GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG. Si Hesus, hindi ang mga Nostikong bulaang mangangaral, ay nagkaloob ng kinakailangang pananaw sa pagk-Diyos. Si Hesus ay lubusang inihayag ang Ama sa pamamagitan ng Kanyang buhay, Kanyang mga turo, Kanyang mga pagkilos, Kanyang kamatayan at Kanyang muling pagkabuhay! Siya ay ang buhay na Sila ng Diyos; walang makapaparoon sa Ama maliban sa Kaniya (cf. Juan 14:6; I Juan 5:10-12).

▣ **"ayo'y nasa Kaniya na totoo, sa makatuwid ay sa Kaniyang Anak na si Hesukristo. Ito ang tunay na Diyos, at ang buhay na walang hanggan"** The unang parirala "nasa Kanya na totoo" ay tumutukoy sa Diyos Ama (Tingnan ang mga Natatanging Paksa sa 6:55 at Juan 17:3), ngunit ang tinutukoy sa ikalawang parirala, "ang tunay na Diyos," ay mas mahirap makilala. Sa kaugnay na kahulugan tilo ito rin sa tumutukoy sa Ama, ngunit sa teolohiya, ito ay maaaring tumukoy sa Anak. Ang kalabuan sa balarila ay maaaring may layunin, tulad sa kadalasang paggamit sa mga sulat ni Juan, sa sinuman na nasa Ama ang isa ay nasa Anak (cf. v. 12). Ang pagka-Diyos at pagiging totoo (katotohanan) ng kapwa ang Ama at ang Anak ay maaaring hinahangad na teolohikong kahulugan (cf. Juan 3:33; 7:28; 8:26). Ang NT ay binibigyang-diin ang lubos na pagka-Diyos ni Hesus ng Nazaret (cf. Juan 1:1,18; 20:28; Filipos 2:6; Tito 2:13; at Hebreo 1:8). Gayunman, ang mga Nostikong mangangaral ay pinaninindigan din ang pagka-Diyos ni Hesus (kahit na sa pamamagitan ng panananahan ng Diyos Espiritu).

## TALATA SA NASB (BINAGO): 5:21

[21]**Mga anak ko, mangagingat kayo sa mga diyos-diyosan.**

**5:21**

| | |
|---|---|
| **NASB** | **"mangagingat kayo sa mga diyos-diyosan"** |
| **NKJV, NRSV** | **"mag-ingat kayo mula sa mga diyos-diyosan"** |
| **TEV** | **"panatilihing ligtas ang sarili mula sa mga bulaang diyos!"** |
| **NJB** | **"maging mapagbantay laban sa mga bulaang diyos"** |

Ito ay isang AORIST NA TAHAS NA PAUTOS, isang pagbibigay-diin sa pangkalahatang katotohanan. Ito ay tumutukoy sa masigasig na pakikilahok ng mga Kristiyano sa pagpapaging-banal (cf. 3:3), na kanila nang tinatamasa kay Hesus Kristo (cf. Efeso 1:4; I Pedro 1:5).

Ang salitang mga diyos-diyosan (na ginamit lang ng dalawang beses sa mga sulat ni Juan, here at sa isang OT na sipi sa Pahayag 9:20), alinman ay nag-uugnay sa mga katuruan at mga pamumuhay ng mga bulaang mangangaral, o dahila ang *Dead Sea Scrolls* ay gumamit ng salita sa diwa ng "kasalanan," ang mga salitang "diyos-diyosan" at "kasalanan" ay maaaring magkasingkahulugan.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Itala ang tatlong pangunahing pagsusuri na nagbibigay katiyakan sa mga mga mananampalataya na sila ay na kay Kristo.
2. Ano ang tinutukoy ng "tubig" at "dugo" sa vv. 6 at 8?
3. Maaari ba nating malaman na tayo nga ay Kristiyano? May ilan bang Kristiyano na hindi nila alam?
4. Ano ang kasalanan na humahantong sa kamatayan? Maaari ba itong magawa ng mananampalataya?
5. Ang kapangyarihang mangalaga ng Diyos ba o ang ating sariling pagsisikap ang makapaglalayo sa atin mula sa tukso?

# II JUAN

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpugay | Pagbati sa Hinirang na Ginang | | Panimula | Mga Pagbati |
| vv. 1-3 | vv. 1-3 | vv. 1-2 | vv. 1-3 | vv. 1-3 |
| | | v. 3 | | |
| Katotohanan at Pag-ibig | Lumakad sa mga Kautusan ni Kristo | | Katotohanan at Pag-ibig | Ang Batas ng Pag-ibig |
| vv. 4-11 | vv. 4-6 | vv. 4-6 | vv. 4-6 | vv. 4-5 |
| | | | | v. 6 |
| | Mag-ingat sa mga Anti-kristong Mandaraya | | | Ang mga Kaaway ni Kristo |
| | vv. 7-11 | vv. 7-11 | vv. 7-8 | vv. 7-11 |
| | | | vv. 9-11 | |
| Huling mga Pagbati | Pamamaalam na Pagbati ni Juan | | Mga Huling Salita | |
| vv.12-13 | vv. 12-13 | v. 12 | v. 12 | v. 12 |
| | | v. 13 | v. 13 | v. 13 |

### MAIKLING PANIMULA

Ang I Juan ay maliwanag na kaugnay sa mensahe at pampanitikang pamamaraan ng I Juan. Sila ay marahil ay galing sa magkatulad na may-akda, na isinulat sa katulad na panahon. Ito ay karaniwan sa mga unang siglong mga pansariling sulat na isinulat sa isang takdang anyo at angkop sa isang pirasong papyrus.

Habang ang I Juan ay isinulat sa mga iglesiya (at sa isang diwa, lahat ng mga iglesiya), Ang II Juan ay inihayag sa isang lokal na iglesiya at kaniyang namumuno (kahit na, ang karamihan sa mga pansariling sulat ay binabasa sa buong iglesiya). Ito ay isang kamangha-manghang maliit na durungawan sa buhay ng unang siglong iglesiya sa Asya Minor (Turkiya).

### UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

---

* Bagamat sila ay hindi kinasihan, ang pagkakabahagi ng mga talata ay susi sa pag-unawa at pagsunod sa orihinal na layunin ng may akda. Bawat makabagong salin ay hinati at binuod na mga talata. Bawat talata ay may isang pangunahing paksa or kaisipan. Bawat salin ay binubuo ang isang paksa ayon sa kanyang natatanging kaparaanan. Habang binabsa mo ang talata, tanungin ang sarili kung aling salin ang nababagay at tumutugma sa iyong pagkakaunawa sa paksa at pagkakabahagi ng mga pangngusap.

Sa bawat kabanata dapat nating basahin ang Bibliya muna at subukang alamin ang mga paksa nito (talata), pagkatapos ay ipaghambing ang ating pagakakaunawa sa mga makabagong salin. Kung naunawaan na natin ang orihinal na layunin ng may akda sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang lohika at paglalahad, doon lamang nating masasabi na totoong naintindihan natin ang Bibliya. Tanging ang orhinal na may-akda lamang ang kinasihan- ang magbabasa ay walang karapatan na ibahin o baguhin ang mensahe. Ang mambabasa ng Bibliya ay may pananagutan na gamitin ang kinasihang katotohanan sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

**Pansining ang lahat ng teknikal na mga salita at mga pagdadaglat ay ipinaliwanag ng husto sa Mga Dagdag na Dahong Isa, Dalawa at Tatlo**

## PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahin mga paksa and ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. at iba pa

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 1-3

**1Ang matanda sa hirang na ginang at sa kaniyang mga anak, na aking iniibig sa katotohanan; at hindi lamang ako, kundi pati ng lahat ng mga nakakakilala ng katotohanan; 2Alangalang sa katotohanan na nananahan sa atin, at sasa atin magpakailan man: 3Sumaatin nawa ang biyaya, awa, at kapayapaang mula sa Diyos Ama at kay Hesukristo, Anak ng Ama, sa katotohanan at sa pagibig.**

**v. 1 "Ang matanda"** Ang pantawag na ito (*presbuteros*) ay ginamit upang ipakilala ang may-akda ng kapwa II at III Juan. Ito ay mayroong malawak na sari-saring mga kahulugan sa Bibliya.

Ang mga sulat ni Juan ay nagpapakita ng mga pagtatanda ng may-akda sa maraming kaparaanan.

1. ang Ebanghelyo ay gumagamit ng nakatagong parirala "ang minamahal na alagad"
2. ang unang sulat ay di-kilala ang may-akda
3. ang pangalawa at pangatlong sulat ay mayroong pantawag na "ang matanda"
4. sa Pahayag, lubhang di-katangian ng sulat na apokaliptik, itinala ang may-akda bilang "Kanyang lingkod na si Juan"

Mayroong maraming pagtalakay sa gitna ng mga tagapagsuri at mga iskolar patungkol sa pag-akda ng mga sulat na ito. Sila ay may maraming mga pang-lingwistika at pang-anyong mga pagkakatulad at pagkakaiba. Sa pagkakataong ito, walang pagpapaliwanag na tinanggap ng lahat ng mga nagtuturo ng Bibliya. Ako ay naninindigan sa pagiging may-akda ni Apostol Juan sa lahat na ito, ngunit ito ay isang isyu pagpapaliwanag ng kahulugan at hindi isang isyu ng inspirasyon. Sa

katotohan ang hantungang may-akda ng Bibliya ay ang Espiritu ng Diyos. Ito ay isang mapagkakatiwalaang pahayag, ngunit ang mga makabago ay sadyang hindi nalalaman o nauunawaan ang pampanitikang pamamaraan ng pagsulat o pagtitipon nito.

## NATATANGING PAKSA: ANG MATANDA

1. ginamit ng mga anghel ng Diyos na bumubuo sa lupon ng mga anghel (cf. Isaias 24:23). Ang katulad na kataga ay ginamit sa mga maka-anghel na nilalang sa Pahayag (cf. 4:4,10; 5:5,6,8,11,14; 7:11,13; 11:16; 14:3; 19:4).
2. Ginamit sa mga pinunong panlipi (*zaqen*) sa OT (cf. Exodo 3:16; Bilang. 11:16). Nung lumaon sa NT, ang salitang ito ay tumutukoy sa isang pangkat ng mga pinuno mula sa Herusalem na binubuo ng mataas na hukuman ng mga Hudyo, ang Sanhedrin (cf. Mateo 21:23; 26:57). Sa panahon ni Hesus, ang lupon ng pitumpung kasapi ay pinamamahalaan ng isang masamang pagkasaserdote.
3. Ginamit sa mga pinunong lokal ng iglesiya sa NT. It ay isa sa tatlong magkakasingkahulugang salita (pastor, tagapamahala, at matanda cf. Tito 1:5,7; Gawa 20:17,28). Sina Pedro at Juan ay ginagamit ito upang isama ang kanilang saril sa pangkat ng mga pinuno (cf. I Pedro 5:1; II Juan 1; III Juan 1).
4. ginamit sa matatandang lalaki sa iglesiya, hindi kailangang sa pamumuno (cf. I Timoteo 5:1; Tito 2:2).

▣ **"hirang na ginang at sa kaniyang mga anak"** Mayroong maraming pagtalakay patungkol sa pantawag na ito. Marami ang sumubok na panindigan na ito ay isinulat sa isang babaeng nagngangalan sinuman kay *Electa*, mula sa Griyegong salita para sa hinirang o pinili (Clemente ng Alexandria) o *Kyria*, mula sa Griyegong salit ng babae (Athanasius). Gayunman, ako ay sang-ayon kay Geronimo na ito ay tumutukoy sa isang iglesiya dahil sa mga sumusunod na kadahilanan.

1. ang Griyegong salita para sa iglesiya ay PAMBABAE (v. 1)
2. sa LXX "hinirang" ay tumutukoy sa isang lupon ng mga tao (cf. I Pedro 2:9)
3. ito ay maaaring tumukoy sa iglesiya bilang isang ikakasal kay Kristo (cf. Efeso 5:25-32; Pahayag 19:7-8; 21:2)
4. ang iglesiyang ito ay may mga kasapi na tinutukoy bilang mga anak (cf. v. 13)
5. ang iglesiya ay may isang kapatid na babae na maaaring tumukoy sa pang lokal na iglesiya (cf. v. 13)
6. mayroong isang paglalaro sa pagitan ng PANG-ISAHAN at MGA PANG-MARAMIHAN sa loob ng kabanata (PANG-ISAHAN sa vv. 4,5,13; MGA PANG-MARAMIHAN sa vv. 6,8,10,12)
7. ang salitang ito ay ginamit sa katulad na paraan para sa isang iglesiya sa I Pedro 5:13

▣ **"na"** Hindi inaasahang ito ay isang PANG-LALAKING PANG-MARAMIHAN PANGHALIP dahil ito ay nangangahulugang maugnay sa alinman sa "dalaga," na isang PAMBABAE, o "mga anak" na isang WALANG KASARIAN. Sa tingin ko, ito ang paraan ni Juan na tandaan ang parirala bilang pasagisag.

▣ **"aking iniibig"** Gumagamit si Juan ng *phileō* na kasing kahulugan ng *agapaō* sa Ebanghelyo at Pahayag, subalit sa I, II, at III Juan siya ay gumamit lamang ng *agapaō* (cf. vv. 3,5,6; I Juan 3:18).

▣ **"katotohanan"** Ang katotohanan ay isang kadalasang inuulit-ulit na paksa (cf. vv. 1[dalawang ulit],2,3,4). Ang pariralang "sa aral na ito" sa vv. 9 [dawalang ulit] at 10 ay kasingkahulugan ng "katotohanan." Ang salitang ito ay marahil nagbibigay-diin dahil ang maling pananampalataya sa lokal ay maliwanag sa munting sulat na ito (cf. vv. 4,7-10) tulad ng sa I Juan.

"Ang katotohanan" ay maaaring tumukoy sa isa sa tatlong bagay (1) ang Banal na Espiritu sa Juan (cf. 14:17); (2) Hesukristo mismo (cf. Juan 8:32; 14:6); at (3) ang nilalaman ng ebanghelyo (cf. I Juan 3:23). Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa 6:55 at 17:3.

**v. 2 "na nananahan sa atin"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PANDIWARI na isa sa mga itinatanging salita ni Juan upang ilarawan ang mga mananampalataya, "manahan." Tingnan ang Natatanging Paksa sa 2:10. Ito ay tila tumutukoy sa paninirahan ng Banal na Espiritu (cf. Roma 8:9; o Anak, Roma 8:9-10). Ang lahat ng Persona ng Trinidad ay nananahan din sa/kasama ng/sa pamamagitan ng mga mananampalataya (cf. Juan 14:23).

▣ **"sasa atin magpakailan man"** Ang katotothanan ay manananahan at mananatili sa lahat ng mga mananampalataya magpakailanpaman. Anong makapangyarihang pahayag ng katiyakan! Tingnan ang Natatanging Paksa sa I Juan 5:13. Ang katotohanan ay kapwa ang persona ng ebanghelyo at mensahe ng ebanghelyo. Ang "katotohanan" ay palaging mailalabas sa pag-ibig, pag-ibig para sa Diyos, pag-ibig para sa kapwa mga lalaki/babaing kapatid sa kasunduan, at pag-ibig para sa napahamak sa daigdig (cf. I Juan 4:7-21).

"Magpakailanpaman" sa literal ay "sa darating na panahon" (cf. Juan 4:14; 6:51,58; 8:35,51; 10:28; 11:26; 12:34; 13:8; 14:16; I Juan 2:17). Tingnan ang Natatanging Paksa: Magpakailanpaman sa Juan 6:58.

**v. 3 "Biyaya, awa, *at* kapayapaan"** Ito ay isang karaninwang panimula sa Griyegong sulat noong unang siglo na may dalawang

kataliwasayan. Una, ito ay bahagyang nabago upang ito ay maiakma na katangi-tangi sa mga Kristiyano. Ang Griyegong salita para sa "pagbati" ay *chairein*. Ito ay binago upang maging *charis*, na nangangahulugang "biyaya." Ang panimulang ito ay katulad na katulad sa mga Pastoral na Sulat, I Timoteo 1:2; II Timoteo 1:2; dalawa sa mga salitang ito ay inulit sa panimula ni Pablo sa Galacia at I Thesolonica.

Pangalawa, ang kadalasang pangbararilang kayarian ay isang panalangin o nais para sa kalusugan. Subalit, ang II Juan ay isang pahayag ng katotohanan, isang pangako ng katatayuan sa Diyos na may isang nais na maka-Diyos na kahahantungan.

Sa teolohiya, ang isa ay gustong malaman kung mayroong isang kaayusan o kaugnayan sa pagitan ng mga salitang ito. Ang biyaya at awa na nagpapahayag ng katangian ng Diyos ay nagdadala ng isang walang-bayad na kaligtasan sa pamamagitan ni Kristo para sa nalugmok na sangkatauhan. Ang kapayapaan ay nagpapahayag ng pagtanggap sa kaloob ng Diyos. Ang mga mananampalataya ay nararanasan ang isang lubusang pagbabago. Kung ang Pagbagsak sa Kasalaan ay napinsala ang lahat ng aspeto ng buhay ng tao, gayundin naman, ang kaligtasan ang nakapanumbalik, una sa pamamagitan na kalalagayan (pag-aaring-ganap sa pamamagitan pananampalataya), pagkatapos sa pamamagitan ng isang sukdulang pagbabago ng pananaw sa mundo na pinapangyari sa pamamagitan ng nananahang Espiritu, na magbubunga ng isang nagpapatuloy na pagiging katulad ni Kristo (nagpapatuloy na pagpapakabanal). Ang larawan ng Diyos sa sangkatauhan (cf. Gen. 1:26-27) ay napanumbalik!

Ang isa pang bagay na maaaring mangyari ay nauugnay sa pangangailangan para sa tatlong salitang ito sa pagbubunyag sa mga bulaang mangangaral. Pinag-aalinlanganan ni "ang biyaya" at "awa" at nagdudulot ng anumang bagay maliban sa "kapayapaan." Ito rin ay isang yugto ng kapakinabangan na ito lamang ang tanging gamit ng "awa" (*eleeōi)* sa lahat ng mga sulat ni Juan. "Ang biyaya" *(charis*) ay tanging ginamit dito, sa Ebanghelyo sa 1:14,16,17, at Pahayag (cf. 1:4; 22:21).

Ang Jerome Biblical Commentary ay binanggit ang katotohanan na ang tatlong mga salitang ito ay mayroong mga kaugnayan sa mga kasunduan sa OT (p. 412). Ang mga manunulat ng NT (maliban kay Lucas) ay mga palaisip na Hebreo, na sumusulat sa Koine Griyego. Ang karamihan sa mga talasalitaan sa NT ay mayroong pinanggalingan sa Septuagint.

▣ **"mula sa Diyos Ama at kay Hesukristo"** Kapwa MGA PANGNGALAN ay may PANG-UKOL (*para*) na sa bararila ay inilalagay silang magkatumbas na kalagayan. Ito ang pang-bararilang pamamaraan na bigyang-diin ang lubusan pagka-Diyos ni Hesukristo.

▣ **"Anak ng Ama"** Isang nagpapatuloy na pagbibigay-diin sa I Juan ay ang sinuman ay hindi napapasa-Ama na hindi kung wala ang Anak (cf. I Juan 2:23; 4:15; 5:10). Ang mga bulaang mga mangangaral ay inaangkin ang isang walang katulad at natatanging ugnayan sa Diyos, ngunit sa teolohiko ay pinapababa ang persona at gawain ng Anak. Inuulit-ulit ni Juan na si Hesus is ang (1) kapuspusang kapahayagan ng Ama at (2) ang tanging daan (cf. Juan 14:6) sa Ama.

## TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 4-6

**4 Ako'y lubhang nagagalak na aking nasumpungan ang ilan sa iyong mga anak na nagsisilakad sa katotohanan, ayon sa ating tinanggap na utos sa Ama. 5 At ngayo'y ipinamamanhik ko sa iyo, ginang, na hindi waring sinusulatan kita ng isang bagong utos, kundi niyaong ating tinanggap nang pasimula, na tayo'y mangagibigan sa isa't isa. 6 At ito ang pagibig, na tayo'y mangagsilakad ayon sa kaniyang mga utos. Ito ang utos, na tayo'y mangagsilakad sa kaniya, gaya ng inyong narinig nang pasimula.**

**v. 4 "Ako'y lubhang nagagalak"** Ito ay isang AORIST NA BALINTIYAK NA (deponent) MAY PAHIWATIG. Maaaring ang Matanda narinig ang patungkol sa iglesiyang ito na pinanggalingan ng ilan sa mga kaanib nito.

▣ **"na aking nasumpungan ang *ilan* sa iyong mga anak na nagsisilakad sa katotohanan"** Ito ay tumutukoy alinman sa
1. maka-Diyos, maibiging buhay ng ilan na nasa iglesiya (cf. II Juan 3-4)
2. isang paraang upang kilalanin ang pagkakaroon ng mga maling pananampalataya sa loob ng samahan na nakapagpaligaw ng ilan

▣ **"ayon sa ating tinanggap na utos sa Ama"** Ito ay isang AORIST NA AHAS NA MAY PAHIWATIG na tumutukoy sa pagkakaloob ng kautusan na mag-ibigan sa isa't-isa, na kahit si Hesus ay inibig sila (cf. Juan 13:34-35; 15:12; I Juan 3:11; 4:7,11-12,21).

**v. 5 "ating tinanggap nang pasimula"** Ito ay isang DI-GANAP NA TAHAS NA MAY PAHIWATIG na tumutukoy sa panimula ng katuruan ni Hesus (cf. I Juan 2:7,24; 3:11). Ang nilalaman ng kautusan ay ang muling binigyang-diin bilang "pag-ibig para sa isa't-isa" (cf. v. 5) at "kilalanin si Hesukristo bilang nangaling sa laman" (cf. v. 7). Pansinin ang nilalaman nito, personal at lakad ng buhay.

▣ **"na tayo'y mangagibigan sa isa't isa"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PASAKALI (na katulad ng huling PANDIWA sa talatang ito, lumakad). Ito ay natatangin sa mga erehe na maging makasarili at hindi umiibig. Ito ang bumubuo sa una sa mga pagsusuri ni Juan upang malaman kung ang isa ay Kristiyano. Sa aklat ng I Juan, ang tatlong pagsusuri

ay: pag-ibig, lakad ng buhay, at dokrina. Ang tatlong pagsusuring ito sa inulit sa II Juan.

1. pag-ibig (cf. v. 5; I Juan 2:7-11; 3:11-18; 4:7-12,16-21; 5:1-2)
2. pagsunod (cf. v. 6; I Juan 2:3-6; 3:1-10; 5:2-3)
3. nilalaman ng doktrina (cf. v. 7; I Juan 1:1ff; 2:18-25; 4:1-6,14-16; 5:1,5,10)

**v. 6 "At ito ang pag-ibig"** Pag-ibig (*agapē*) ay isang nagpapatuloy (PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN) na pagkilos, hindi lang ng pakiramdam. Ang pag-ibig ay "ang tanda" ng lahat ng tunay na mga mananampalataya (cf. I Corinto 13; Galacia 5:22; I Juan 4:7-21).

▣ **"nang pasimula"** Tingnan ang tala sa I Juan 1:1. Sa aking palagay, ang parirala ay ginamit sa I Juan atII Juan bilang isang sanggunian sa pagsisimula ng pangmadlang ministeryo ni Hesus.

▣ **"mangagsilakad sa kaniya"** Ang Kristiyanismo ay isang panimulang pagtalima at isang pagbabago ng lakad ng buhay (cf. I Juan 2:6). Ang ating lakad ng buhay ay hindi nakakapagligtas sa atin, ngunit ito ay nagpapatunay na tayo nga ay ligtas (cf. Efeso 2:8-9 and 2:10).

## TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 7-11

**7Sapagka't maraming magdaraya na nangagsilitaw sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang mga hindi nangagpapahayag na si Hesukristo ay napariritong nasa laman. Ito ang magdaraya at ang antikristo. 8Mangagingat kayo sa inyong sarili, upang huwag ninyong iwala ang mga bagay na aming pinagpagalan, kundi upang tanggapin ninyo ang isang lubos na kagantihan. 9Ang sinomang nagpapatuloy at hindi nananahan sa aral ni Cristo, ay hindi kinaroroonan ng Diyos: ang nananahan sa aral, ay kinaroroonan ng Ama at gayon din ng Anak. 10Kung sa inyo'y dumating ang sinoman, at hindi dala ang aral na ito, ay huwag ninyong tanggapin sa inyong bahay, at huwag ninyo siyang batiin: 11Sapagka't ang bumabati sa kaniya ay nararamay sa kaniyang masasamang gawa.**

**v. 7 "Sapagka't maraming magdaraya"** Ang salitang "mandaraya" ay nanggaling mula sa Griyegong salita na *planē*, kung saan nakuha natin ang Ingles salitang "planet." Sa sinauang mundo, ang pagkilos ng mga bagay sa kalawakan ay inilalagay sa mapa at pinag-aaralan (*zodiak*). Ang mga bituin ay inaayon sa mga palagiang tularan, ngunit ang ibang mga bituin (i.e., mga planeta) ay gumagalaw na walang kaayusan. Ang mga sinauna ay tinatawag silang "mga lagalag." Ito ay sumibol nang patalinghaga sa mga naglalagalag mula sa katotohanan.

Ang mga bulaang mangangaral ito ay hindi lamang matapat na minamali o iniliéligaw ang mga taong mangmang sa ebanghelyo. Sa mga sulat ni Juan, kapwa ang mga Fariseo at both the Pharisees at mga bulaang mangangaral ay naghimagsik laban sa liwanag na kanilang natanggap. Ito ang dahilan kung bakit ang kanilang paghihimagsik ay itinatangi bilang "ang walag kapatawarang kasalanan" o "ang kasalanan sa kamatayan" (tingnan ang mga tala sa I Juan 5:16). Ang kapamahakan ay sila rin ay nagdudulot sa iba na sumunod sa kanila sa kapamahakan. Ang NT ay maliwanag na naghahayag na ang mga bulaang mangangaral ay maglilipana at magdudulot ng mga matinding suliranin (cf. Mateo 7:15; 24:11,24; Marcos 13:22; I Juan 2:26; 3:7; 4:1).

▣ **"na nangagsilitaw sa sanglibutan"** Ang sanglibutan dito ay karaniwan na ating pisikal na mundo.. Ang mga bulaang guro ay alinman sa iniwang ang Kristiyanong iglesiya (cf. I Juan 2:19) o sila ay nakatalaga sa mga pagmimisyon. (cf. III Juan).

▣ **"ang mga hindi nangagpapahayag"** Ito ang salitang *homologeō,* na nagpapahiwatig ng isang pang-madlang pagpapahayag at pag-amin ng pananampalataya kay Kristo. Tingnan ang Natatanging Paksa: Pag-amin sa Kasalanan sa Juan 9:22-23.

▣ **"si Hesukristo ay napariritong nasa laman"** Ang mga mandaraya ay magpapatuloy sa kanilang mga bulaang turo patungkol sa persona ni Kristo. Ang talatang ito ay inuulit ang pagpapaalala na "suriin ang mga espiritu" sa I Juan 4:1-6, lalung-lalo na sa kaugnayan nito sa buong pagkatao ni Hesus (cf. Juan 1:14; I Timoteo 3:16). Ang Nostisismo ay pinaninindigan ang isang walang-hanggang dualismo sa pagitan ng "espiritu" (Diyos) at "bagay" (laman). Sa kanila, si Hesus ay hindi maaaring maging lubos na Diyos at lubos na tao.

Tila nagkaroon ng di kukulang sa dalawang sanga sa loob ng naunang Nostikong.

1. Ang pagtanggi sa pagkatao ni Hesus (Docetic); Siya ay nag-aanyong tao, ngunit isang espiritu
2. Ang pagtanggi na si Kristo ay namatay sa krus; ang pagkat na ito (Cerinthian) nagbibigay-diin na ang "espiritu ni Kristo" ay dumating sa taon si Hesus sa Kanyang bautismo at iniwan Siya bago mamatay sa krus.

Ito ay maaari na ang PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN, "naparito sa laman," ay paraan ni Juan sa pagtanggi sa Nostisismong Cerinthian at ang I Juan 4:1-6 ay kanyang paraan ng pagtanggi sa Nostismong Docetic.

▣ **"Ito ang magdaraya at ang antikristo"** Sa I Juan 2:18 mayroong pagkakaiba sa pagitan ng PANG-MARAMIHAN "mga

antikristo" at ang PANG-ISAHAN "ang Antikristo." Ang PANG-MARAMIHAN ay dumating sa panahon ni Juan at linisan ang mga iglesiya (cf. I Juan 2:19), ngunit ang PANG-ISAHAN ay pinapanukala sa hinaharap (tingnan "ang tao ng kawalang batas" sa II Thesolonica 2). Gayunman, sa talatang ito, ang PANG-ISAHAN ay ginamit, katulad ng PANG-MARAMIHAN sa I Juan 2:18-25.

**v. 8 "Mangagingat kayo sa inyong sarili"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS. Ito ang salitang "makita" (*blepō*), na ginamit na patalinghaga para sa isang babala laban sa kasamaan (cf. Mateo 24:4; Marcos 13:5; Lucas 21:8; Gawa 13:40; I Corinto 8:9; 10:12; Galacia 5:12; Hebreo 12:25). Ang mga mananampalataya ay may pananagutan para sa pagkilala ang kamalian dahil sa

1. nalalaman nila ang ebanghelyo
2. taglay nila ang Espiritu
3. sila ay may nagpapatuloy na pakikipag-ugnayan kay Kristo

▣

**NASB "upang huwag ninyong iwala ang mga bagay na aming pinagpagalan"**
**NKJV "na hindi natin mawala ang mga bagay na ating pinagpaguran"**
**NRSV "upang hindi niyo mawala ang ating pinagpagalan"**
**TEV "upang hindi niyo mawala ang ating pinagpaguran"**
**NJB "o ang lahat ng ating pinagpagalan ay mawawala"**

Mayroong isang pagkakaiba sa Griyegong kasulatan sa talatang ito na kaugnay sa unang PANGHALIP: kailangan bang ito ay "akin" (NASB, NRSV, TEV) o "atin" (NKJV)? Ang UBS[4] na talata ay kinakatigan ang "akin," na nangangahulugang ang mga mananampalataya na pinag-ukulan ay hindi maaaring maisakatuparan ang mga layunin ebanghelyo na ibinigay sa kanila ng pagkakasaksing pang-Apostol.

▣ **"kundi upang tanggapin ninyo ang isang lubos na kagantihan"** Ito ay isang AORIST NA AY PASAKALI na nagtuturo pabalik sa pagtanggap ng ebanghelyo. Ang kawalang katiyakan ng MAY PASAKALI ay walang kaugnayan sa kanilang kaligtasan, ngunit sa kanilang paglago at paglawak ng ebanghelyo sa pamamagitan nila (cf. I Corinto 9:27; 15:10,14,58; II Corinto 6:1; Galacia 2:2; Filipos 2:16; I Thesalonica 2:1; 3:5).

**v. 9**
**NASB "Ang sinomang nagpapatuloy at hindi nananahan sa aral ni Kristo"**
**NKJV "Ang sinomang sumalansang at hindi nananahan sa dokrtina ni Kristo"**
**NRSV "Ang sinomang hindi nananahan sa katuruan ni Kristo"**
**TEV "Ang sinomang hindi nananahan sa turo ni Kristo at lumampas dito"**
**NJB "Ang sinomang hindi nanatili sa katuruan ni Kristo ngunit lumampas dito"**

Una, pansinin ang salungat na gamit ng *pas*. Ang paanyaya ng ebanghelyo ay para sa "lahat," ngunit sa kabilang-banda ito rin ay maaaring para sa maling pananampalataya. Ang maaaring maling pananampalataya ay inilalarawan sa dalawang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MGA PANDIWARI: "nagpapatuloy lumampas" at "hindi nanahan." Ang unang "nagpapatuloy lumampas" ay maaaring naging isang pamukaw salita para sa mga bulaang guro' na nagpapahiwatig na sila ay sumulong sa katotohanan na lampas sa mga saksing mga Apostol.

Mga mananampalataya ay itinatangi ng salita ng katotohanan na nananahan sa kanila (cf. Juan 8:31; 15:7; I Juan 2:14, ang salungat sa Juan 5:38; I Juan 1:10). Tingnan ang Natatanging Paksa sa Pagtitiyaga sa Juan 8:31 at Pagtalikod sa Pananampalataya sa Juan 6:64.

Ang GENITIBONG PARIRALA "ni Kristo" ay maaaring tumukoy sa

1. mga katuruan ni Kristo
2. mga katuruan patungkol kay Kristo
3. karaniwang mga dalawahang kahulugan ni Juan

MGA GENITIBO ay napakarami at hindi maliwanag! Malalaman lamang sa kaugnay na kahulugan ang mga ninanais na kahulugan ngunit kadalasan, katulad dito, sila ay nagsasanib.

▣ **"hindi kinaroroonan ng Diyos"** Ang "turo ni Kristo" at ang "katotohanan" sa v. 2 ay magkatulad. Ang mga bulaang mga guro at ang kanilang mga kasunod ay walang gantimpala (cf. v. 8). Sila ay may kapamahakang espirituwal at hindi kasama ng Diyos dahil upang mapasa-Ama, ang sinuman ay kailangang taglayin ang Anak (cf. I Juan 5:10-12). Ang paggamit ng PANDIWANG "kinaroroonan" (dalawang ulit, PANGKASALUKUYANG TAHAS NA MAY PAHIWATIG) kasama ang Diyos ay matatagpuan dito at sa I Juan 2:23.

**v. 10 "Kung"** Ito ay isang UNANG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na ipinagpapalagay na totoo mula sa pananaw ng may-akda o para sa kanyang mga pampanitikang layunin. Darating ang mga bulaang mga guro!

▣ **"huwag ninyong tanggapin sa *inyong* bahay"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA na kadalasang nagpapahiwatig ng paghinto ng isang pagkilos na nagpapatuloy (ang kaugnay na kahulugan ay

kailangang matiyak).

Ang "bahay" ay maaaring tumukoy sa pagiging magiliw ng mga Kristiyano sa mga panauhin (cf. Mateo 25:35; Roma 12:13; I Timoteo 3:2; Tito 1:8; Hebreo 13:2; I Pedro 4:9 o III Juan 5-6), ngunit sa kaugnay na kahulugan ito ay maaaring tumukoy sa pag-anyaya ng mga naglalakbay ng ministro upang magsalita sa bahay iglesiya (cf. Roma 16:5; I Corinto 16:19; Colosas 4:15; Filemon 2).

▣ **"huwag ninyo siyang batiin"** Ito ay isa na namang PANGKASALUKUYANG TAHAS NA PAUTOS na may SALUNGAT NA KATAGA. Huwag niyong ipakikilala ang inyong mga sarili kasama itong mga "tanatawag na Kristiyano." Kahit anong pahiwatig ng pakikisama ay maaaring di-maunawaan bilang pagtanggap (cf. v. 11). Ang pahayag na ito ay napaka-hirap iangkop ngayon. Kaya maraming nag-aangking mga Kristiyano. Ngunit sa isang pagtatangkang pagbabahagi sa kanila ay kailangang may paggalang at kahali-halinang pag-uusap. Gayunman, ang mga Kristiyanong pinuno ay kailangang maging mag-ingat sa kahit anong pagkakilanlan sa mga maling pananampalataya. Ito, na maliwanag, ay hindi maiaangkop sa mga Kristiyanong samahan!

## TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 12-13

**[12]Yamang may maraming mga bagay na isusulat sa inyo, ay hindi ko ibig isulat sa papel at tinta; datapuwa't inaasahan kong pumariyan sa inyo, at makipagusap ng mukhaan, upang malubos ang inyong galak. [13]Ang mga anak ng iyong hirang na kapatid na babae ay bumabati sa iyo.**

**v. 12 "may maraming mga bagay na isusulat sa inyo"** Ito ay isang katulad na pagwawakas sa III Juan 13-14.

▣ **"malubos ang inyong galak"** Ito ay isang GANAP NA BALINTIYAK NA MAY PASAKALING PERIPHRASTIC ng layunin (isang layuning sugnay ay nagpapakita maaaring mangyari). Ito ay isang karaniwang paksa sa Juan (cf. Juan 3:29; 15:11; 16:24; 17:13; I Juan 1:4). Ang kagalakan ay batay sa:

1. kinalalagyan ng guro
2. ang kaalaman ng katotohanan na kanyang dinala

Binanggit ni Juan ang kanyang "kagalakan" sa v. 4 sa nagpapatuloy na lakad ng pag-ibig at pagsunod.

**v. 13** Ang talatang ito, tulad ng v. 1, ay gumagamit ng matalinghagang wika upang magsalita sa isang kasamang iglesiya at kanyang mga kaanib.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Magtala ng tatlong pagsusuri na matatagpuan sa I Juan na inulit sa II Juan.
   a.
   b.
   c.
2. Ang sulat bang ito ay isinulat sa isang babae o sa isang iglesiya?
3. Paano mo malalaman mula sa maikling sulat na ito na ang mga may maling paniniwala ay nasa kalagitnaan ng kapulungan ng mga mananampalataya?
4. Sino o ano ang nagpapanggap o ang antikristo sa v. 7?
5. Ang talatang 10 at 11 ba ay isang pagsalungat sa kautusan ng NT na maging magiliw sa panauhin at mahalin kahit na ang ating mga kaaway?

# III JUAN

## MGA BAHAGI NG TALATAAN NG MGA MAKABAGONG SALIN*

| UBS[4] | NKJV | NRSV | TEV | NJB |
|---|---|---|---|---|
| Pagpupugay | Pagbati kay Gayo | | Panimula | Pananalita at mga Pagbati |
| v. 1 | vv. 1-4 | v. 1 | v. 1a | vv. 1-4 |
| | | | v. 1b | |
| v,v. 2-4 | | vv. 2-4 | vv. 2-4 | |
| Pakikipagtulugan at Pagsalungat | Pagpuri sa pagiging Mapag-bigay | | Pinuri si Gayo | |
| vv. 5-8 | vv. 5-8 | vv. 5-8 | vv. 5-8 | vv. 5-8 |
| | Sina Diotrefes at Demetreo | | Sina Diotrefes at Demetreo | Mag-ingat sa Halimbawa ni Diotrefes |
| vv. 9-10 | vv. 9-12 | vv. 9-10 | vv. 9-10 | v. 9-11 |
| vv. 11-12 | | vv. 11-12 | v. 11 | Pagpuri kay Demetreo |
| | | | v. 12 | v. 12 |
| Panghuling mga Pagbati | Pagbating Pamamaalam | | Huling mga Pagbati | Pagtatapos |
| vv. 13-15 | vv. 13-15 | vv. 13-14 | vv. 13-14 | vv. 13-15 |
| | | v. 15 | v. 15a | |
| | | | v. 15b | |

### UNANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa isang pagkakataon. Ipahayag ang pangunahing tema ng buong aklat sa iyong sariling salita.

1. Tema ng kabuuan ng aklat

2. Uri ng panitikan (genre)

### PANGALAWANG TAPUSANG PAGBASA (tingnan sa p. v)

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon ng Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang buong aklat ng Bibliya sa pangalawang beses sa isang pagkakataon. Balangkasin ang pangunahin mga paksa and ipahayag ang paksa sa isang pangungusap.

1. Paksa ng unang pampanitikang yunit

2. Paksa ng pangalawang pampanitikang yunit

3. Paksa ng pangatlong pampanitikang yunit

4. Paksa ng pang-apat na pampanitikang yunit

5. at iba pa

## IKATLONG TAPUSANG PAGBASA (tingnan p. v)

*PAGSUNOD SA ORIHINAL NA LAYUNIN NG MAY-AKDA AYON SA ANTAS NG TALATA*

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Basahin ang kabanata ng isang upuan. Alamin ang mga paksa. Ihambing ang iyong pagkakabahagi ng paksa sa limang makabagong salin. Ang pagkakatalata ay hindi isang inspirasyon, ngunit ito'y isang susi sa pagsunod sa layunin ng may akda na siyang puso ng interpretasyon. Bawat talata ay may isa at isa lamang na paksa.

1. Unang Talata

2. Ikalawang Talata

3. Ikatlong Talata

4. At iba pa

## MGA KAUNAWAAN AYON SA KONTEKSTO NG III JUAN

## PANIMULA

A. Ang pamagat ng liham ay tinawag lamang na III Juan dahil ito ay bahagyang maikli sa II Juan. Nais kong isipin na ang kapwa II Juan at III Juan ay bumubuo ng isang balanseng mensahe sa isang lokal na iglesiya, na maaaring nasa Lalawigang Romano ng Asya Minor, papunta sa dulo ng unang siglo.

B. Ang II Juan ay tumatalakay sa suliranin ng mga naglalakbay na mangangaral na may maling pananampalataya, habang ang III Juan ay tumatalakay na may pagpapaalala upang matulungan ang mga naglalakbay na Kristiyanong mangangaral.

C. May tatlong magkakaibang mga lalaki ang tiyakang pinangalanan sa III Juan.
   1. Si Gayo (isang maka-Diyos na lalaki sa tumanggap na iglesiya)
      a. Mayroong tatlong Gayo na nabanggit sa ibang bahagi ng Bibliya: Gayo ng Macedonia, Gawa 19:29; Gayo ng Derbe, Gawa 20:4; at Gayo ng Corinto, Gawa 16:23; I Corinto 1:14.
      b. Ang mga sulat na kilala bilang "Saligang-Batas ng mga Apostol" ay tinala si Gayo ng III Juan bilang Obispo ng Pergamo, na itinalaga ni Juan.
   2. Si Diotrefes (isang walang-Diyos na pasimuno ng kaguluhan sa tumanggap na iglesiya)
      a. Dito lang binanggit ang taong ito sa NT. Ang kanyang pangalan ay napakabihirang pangalan na nangangahulugang "inalagaan ni Zeus." Anong kabalintunaan na ang isang taong ipinangalan sunod kay "Zeus" ang kalabang ng mga manlalakbay habang si "Zeus" ay ang "tagapagtanggol ng mga manlalakbay."
      b. Ang kanyang ugali ay nabunyag sa mga talata 9-10.
   3. Si Demetrio (ang tagapagdala ng sulat ni Juan sa local na iglesiyang ito)
      a. Tila siya ay isa sa mga naglalakbay na misyonero at ang tagapagdala ng sulat na galing kay Apostol Juan sa Efeso.
      b. Ang tradisyon na tinatawag na "Ang Saligang-batas ng mga Apostol" ay tinala si Demetrio bilang Obispo ng Philadelphia, na itinalaga ni Apostol Juan.

D. Ang unang iglesiya ay nakikibaka sa kung papaano sukatin at tulungan ang mga naglalakbay na mangangaral/guro/ nagtuturo ng ebanghelyo. Ang isang sinaunang di-makanoniko na Kristiyanong sulat mula sa unang bahagi ng

ikalawang siglo na tinatawag na *The Didache* o *Ang Katuruan ng Labindalawang Apostol* ay ganitong mga panuntunan:

KABANATA XI—PATUNGKOL SA MGA GURO, MGA APOSTOL, AT MGA PROPETA

> "Ang sinuman, samakatuwid, ang lumapit at nagturo sa inyo ng lahat ng mga bagay na nasabi na dati, tanggapin siya. Ngunit kung ang guro mismo ay tumalikod at nagturo ang ibang katuruan na magwawasak nito, ay huwag siyang pakinggan; ngunit *kung siya ay magtuturo* upang lumago sa katuwiran at kaalaman ng Panginoon, ay tanggapin siya tulad sa Panginoon. Ngunit ang patungkol sa mga apostol at mga propeta, ayon sa kautusan ng Ebanghelyo, gawin ninyo: Hayaang ang bawat Apostol na dumating sa iyo ay tanggapin mo sa Panginoon. Ngunit kung hindi siya nanatili *maliban* sa isang araw; ngunit kung may pangangailangan, gayundin sa susunod; ngunit kung siya ay nanatili ng tatlong araw, siya ay isang bulaang propeta. At kung ang apostol ay umalis na, hayaan siyang walang kunin maliban sa tinapay hanggang siya ay mangupahan; ngunit kung siya ay hihingi ng salapi, siya ay isang bulaang propeta" (p. 380).

KABANATA XII—PAGTANGGAP NG MGA KRISTIYANO

> "Ngunit ang sinuman na nagsabi sa Espiritu, Bigyan niyo ko ng salapi, o anu pa mang bagay, hindi mo siya papakinggan; ngunit kung siya ay nagsabi saiyo na magbigay alang-alang sa ibang may pangangailangan, walang sinuman ang hahatol sa kanya.
>
> Ngunit hayaan ang bawat isa na dumating sa pangalang ng Panginoon ay tanggapin, at pagkatapos papatunayan at kilalanin siya; dahil ikaw ay may pang-unawang kanan at kaliwa. Kung siya ang dumating ay isang manlalakbay, tulungan siya sa abot ng makakaya mo; ngunit hindi siya mananatili, maliban sa dalawa o tatlong araw, kung kinakailangan. Ngunit kung ninanais niyang manatili kasama mo, bilang isang may kasanayan, hayaan mo siyang magtrabaho at kumain; ngunit kung siya ay walang kasanayan, ayon sa iyong pagkakaunawa, tingnan mo na, bilang isang Kristiyano, hindi siya titira kasama mo na walang ginagawa. Ngunit kung ninais niyang hindi gumawa, siya ay isang nangangalakal kay Kristo. Magbantay na kayo ay manatiling hiwalay sa kanila." (p. 381).

## PAG-AARAL NG SALITA AT PARIRALA

### TALATA SA NASB (BINAGO): TALATA 1

**[1]Ang matanda, kay Gayo na minamahal, na aking iniibig sa katotohanan.**

**v. 1 "Ang matanda"** Ang salitang matanda ay kasingkahulugan ng salitang "pastor" at "obispo" (cf. Tito 1:5,7; Gawa 20:17,28). Tingnan ang buong tala sa II Juan v. 1.

▣ **"na minamahal"** Ito ay katangian ng mga sulat ni Juan (cf. I Juan 2:7; 3:2,21; 4:1,7,11; III Juan 1,2,5,11), ngunit hindi matatagpuan bilang isang pantawag sa mga mananampalataya sa Ebanghelyo o sa Pahayag.

▣ **"Gayo"** Mayroong maraming pagtalakay kung si Gayo o Diotrefes ay ang pastor nitong lokal na iglesiya. Napakahirap gumawa ng kahit anong pangdoktrinang pahayag mula dito sa kakaunting dami ng kaalaman na makukuha. Dahil sa v. 9, na "ang iglesiya" at "sila" ay binanggit, maaaring si Diotrefes ang pinuno ng isang bahay iglesiya at si Gayo ay ang pinuno ng isa pang bahay iglesiya na malapit sa isa't isa, ngunit ito ay pawang haka-haka.

▣ **"na aking iniibig sa katotohanan"** "Pag-ibig at katotohanan" ay madalas na matatagpuan magkasama sa mga sulat ni Juan (cf. II Juan 1,2,3,4; III Juan 1,3,4,8,12). Ang katotohanan ay tumutukoy sa

1. Ang Banal na Espiritu (cf. Juan 14:17)
2. Si Hesus ang Anak (cf. Juan 8:32; 14:6)
3. Ang nilalaman ng ebanghelyo (cf. I Juan 2:2; 3:23)

### TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 2-4

**[2]Minamahal, aking idinadalangin na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan, na gaya ng pagginhawa ng iyong kaluluwa. [3]Sapagka't ako'y totoong nagalak nang magsidating ang mga kapatid at mangagpatotoo sa iyong katotohanan, ayon sa paglakad mo sa katotohanan. [4]Wala nang dakilang kagalakan sa ganang akin na gaya nito, na marinig na ang aking mga anak ay nagsisilakad sa katotohanan.**

**v. 2 "aking idinadalangin"** Ito ay sinusundan ng isang karaniwang pasimula ng isang Griyegong sulat. Ito ay isang panalangin/hangarin para sa kaginhawaan at kalusugan ng tatanggap. Ito ay isang paraan upang bumati sa isang mahal sa

buhay. Hindi ito magagamit bilang isang patunay na talata para sa "ebanghelyo ng kalusugan at kayamanan," na laganap sa makabagong Amerika. Tingnan kay Gordon Fee (isang iskolar na karismatiko), ang *The Disease of the Health, Wealth Gospel*. Para sa aking mga pananaw sa pagpapagaling, pakitingin ang aking mga tala sa Santiago 5 online sa www.freebiblecommentary.org.

▣ **"na sa lahat ng mga bagay ay guminhawa ka at bumuti ang iyong katawan"** Ito ay isang karaniwang pangbukas panalangin sa mundo ng Greco-Romano ng unang siglo. Ito ay hindi maaaring gamitin katunayang-talata ng mga nangangaral ng "kalusugan, kayamanan, at kasagahan." Ang mga talata ng Bibliya na tinanggal sa kaugnay na kahulugan ay maaaring gamitin sa pagbibigay-diin ng kahit anong bagay. Ang talata ay hindi maaaring mangahulugan ngayon kung ito ay hindi kailanman nangahulugan sa kanyang sariling panahon. Ang taong kinasihan lamang ay ang orihinal na may-akda. Kailangan nating sundin ang kanyang mga kaisipan, at huwag isingit ang ating sarili!

▣ **"kaluluwa"** Ang salitang "*psuche*" (kaluluwa) ay halos kasingkahulugan ng "*pneuma.*" Sila ay ginagamit upang tumukoy sa pinakadiwa ng pagkatao o sarili. Ito ay hindi tumutukoy sa isang hiwalay na bahagi ng tao (katawan, kaluluwa, espiritu). Ang mga tao ay may kaisahan (cf. Genesis 2:7). Tayo ay isang kaluluwa; tayo ay hindi may isang kaluluwa.

**v. 3 "ako'y totoong nagalak"** (cf. II Juan 4; Filipos 4:10).

▣ **"magsidating at mangagpatotoo"** Kapwa ang mga ito ay PANGKASALUKUYANG MGA PANDIWARI na nagpapahiwatig na

1. Ang mga kaanib sa iglesiyang ito na palaging naglalakbay sa Efeso at nag-uulat kay Juan
2. ang mga nagsibalik na misyonero ay nag-ulat ng pagiging bukas-palad ni

Maaaring si Juan, na matanda na, ay nahihirapan nang maglakbay, ngunit nais niya marinig ang kalagayan at paglago ng mga iglesiya.

▣ **"paglakad mo sa katotohanan"** Ang pariralang ito ay may teolohikong pagkakatulad sa "paglakad sa kaliwanagan" (cf. I Juan 1:7). Ang Kristiyanismo ay hindi pangunahin na isang kautusan, isang ritwal o isang samahan na aaniban, ngunit isang buhay na ipamumuhay sa pakikipag-ugnayan kay Hesukristo. Ang naunang iglesiya ay tinatawag noong una na "Ang Daan" (cf. Gawa 9:2, 19:9,23; 24:22). Ang katotohanan ay hindi isang pangkaalaman lamang (ngunit), ngunit gayundin ang isang pakikipag-ugnayan (una sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo nagbubunga ng pag-ibig sa bawat isa). Tingnan ang mga Natatanging Paksa sa Katotohanan sa Juan 6:55 at 17:3.

**v. 4 "aking mga anak"** Ito ay isang karaniwang katawagan sa mga sulat ni Juan (cf. I Juan 2:12,13,18,28; 3:7,18; 4:4; 5:21). Ang diin dito ay nasa (1) kapamahalaan ni Juan bilang Apostol o (2) mga salita ng pag-ibig ni Juan para sa mga iglesiya at mga Kristiyano ng Romanong Lalawigan ng Asya Minor (kanlurang Turkiya), na kanyang pinaggugulan sa mga huling panahon ng ministeryo.

## TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 5-8

**5 Minamahal, ginagawa mo ang tapat na gawa sa lahat ng iyong ginagawa doon sa mga kapatid at sa mga taga ibang lupa; 6 Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pagibig sa harapan ng iglesia: na iyong gagawan ng magaling kung iyong tutulungan sila ng nararapat sa Diyos, sa kanilang paglalakbay: 7 Sapagka't dahil sa Pangalan, ay nangagsiyaon sila na walang kinuhang anoman sa mga Hentil. 8 Nararapat nga nating tanggaping mabuti ang mga gayon, upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan.**

**v. 5 "ginagawa mo ang tapat na gawa"** Ang mga pagkilos ni Gayo ay tumpak na kabaliktaran sa mga pagkilos ni Diotrefes sa vv. 9-10. Tingnan ang mga Natatanging Paksa: Manampalataya, Pagtitiwala, Pananampalataya, at Pagkamatapat sa Juan 1:7 at Juan 1:14.

▣ **"sa lahat ng iyong ginagawa"** Ito ay isang kaugnay na PANGHALIP na may *ean* at isang AORIST NA PANGGITNANG PASAKALI na nagpapahayag ng isang kalagayang na may pagkakataong matupad. Tinutulungan ni Gayo ang mga naglalakbay na mga misyonero sa bawat pagkakataon at sa bawat maaaring pagkakataon.

▣ **"at lalo na sa mga taga ibang lupa"** Ang iglesiya na dapat na tumatanggap at tumutulong sa mga naglalakbay ng mga Kristiyanong misyonero, ngunit dahil sa lokal na kalagayan, si Gayo ay naiwan sa pagtulong ng mga kapatiran na hindi naman niya kilala maliban sa nakikilala, pinaglilingkura at iniibig nila si Hesukrusto.

**v. 6 "Na siyang nangagpapatotoo ng iyong pag-ibig sa harapan ng iglesia"** Walang alintangang ang mga unang iglesiya sa Efeso ay may isang panahon sa pang-misyong pag-uulat habang sila sama-samang nananambahan.

## NATATANGING PAKSA: IGLESIYA (*EKKLESIA*)

Ang Griyegong salitang ito na, *ekklesia*, ay galing sa dalawang salita na, "na labas" at "tinawag," samakatuwid, ang salita ay nagpapahiwatig sa kanilang mga tinawag ng Diyos. Ang naunang iglesiya ay kinuha ang salitang ito mula sa sekular na pagkagamit (cf. Gawa 19:32,39,41) at dahil sa ang pagkagamit sa Septuagint ng salitang ito ay para sa "pagtitipun-tipon ng mga tao" ng Israel (*Qahal*, BDB 874, cf. Bilang 16:3; 20:4). Ginamit nila ito para sa kanilang mga sarili bilang isang pagpapatuloy ng mga OT na tao ng Diyos. Sila ang bagong Israel (cf. Gawa 2:28-29; Galacia 6:16; I Pedro 2:5,9; Pahayag 1:6), ang katuparan ng pandaigdigang misyon ng Diyos (cf. Genesis 3:15; 12:3; Exodo 19:5-6; Mateo 28:18-20; Lucas 24:47; Gawa 1:8).

Ang salitang ito ay ginamit sa maraming pagkakaunawa sa mga Ebanghelyo at Gawa.

1. Sekular na pagpupulong sa bayan, Gawa 19:32,39,41
2. pangkalahatang tao ng Diyos kay Kristo, Mateo 16:18 at Efeso
3. isanng lokal na pagtitipon ng mga mananampalataya kay Kristo, Mateo 18:17; Gawa 5:11 (sa mga talatang ito ang iglesiya na nasa Herusalem)
4. pinag-sama-samang mga tao ng Israel, Gawa 7:38, sa pagpapahayag ni Stefano
5. ang mga tao ng Diyos sa isang dako, Gawa 8:3 (Judah o Palestino)

▣ **"na iyong gagawan ng magaling"** Ito ay isang Griyegong kataga na matatagpuan sa mga papirus na galing Ehipto (tingnan sina Moulton at Milligan, sa *The Vocabulary of the Greek Testament*) para sa "kung ipapahintulot" (cf. Gawa 10:33).

▣ **"sa kanilang paglalakbay"** Ito ay isang teknikong kataga para sa pagpapatibay, pananalangin, at sa pagtutustos ng mga pangangailangan ng mga naglalakbay na misyonero (cf. Gawa 15:3; Gawa 15:24; I Cor, 16:6; II Corinto 1:16; Tito 3:13).

▣ **"ng nararapat sa Diyos"** Ito ay nangangahulugan ng makabuluhan, mapagmahal, masaganang pamamaraan (cf. Colosas 1:10; I Thesolonica 2:12). Ang mga mananampalataya ay pakikitunguhan ang mga manggagawa ng ebanghelyo workers sa isang paraan na akma sa kanilang pinaglilingkuran (cf. Efeso 4:1).

**v. 7**
**NASB, REB "nangagsiyaon sila"**
**NKJV "nagsiyaon sila"**
**NRSV "nagsimula na sila sa paglalakbay"**
**TEV, NJB "naglakbay na sila"**

Ang lubhang karaniwang PANDIWANG ito ay ginamit sa

1. mga bulaang mga guro na umalis sa iglesiya sa I Juan 2:19
2. mga bulaang propeta na nagsisiyaon sa mundo sa I Juan 4:1
3. maramng mga mandaraya na nagsisiyaon sa mundo sa II Juan v. 7
4. mga totoong saksi ng mga Apostol na nagsisiyaon (sa mundo) sa III Juan, v. 7

▣
**NASB "Sapagka't dahil sa Pangalan"**
**NKJV "para sa kapakanan ng Kanyang pangalan"**
**NRSV "para sa kapakanan ni Kristo"**
**TEV "sa paglilingkod kay Kristo"**
**NJB "sa pangkalahanan para sa kapakanan ng pangalan"**

It ay isang halimbawa ng "pangalan" na kumakatawaan sa persona at gawain ni Hesukristo. Yamang ang mga mananampalataya ay nananampalataya sa Kanyang pangalan (cf. Juan 1:12; 3:18; Gawa 10:9; I Corinto 12:3; Filipos 2:9-11), sila ay pinatawan sa Kanyang panagalan (I Juan 2:13), sila rin ay kumikilos sa Kanyang pangalan (cf. Mateo 10:22; 24:9; Marcos 13:13; Lucas 21:12,17; Juan 15:21; 20:31; Gawa 4:17; 5:41; 9:14; Gawa 1:5; I Pedro 4:14,16; Pahayag 2:3).

▣
**NASB "na walang kinuhang anoman sa mga Hentil"**
**NKJV "walang kinuhang kahit ano mula sa mga Hentil"**
**NRSV "hindi tumatanggap ng tulong mula sa mga hindi mananampalataya"**
**TEV "walang tinatanggap na tulong mula sa mga hindi mananampalataya"**
**NJB "hindi umaasa sa mga hindi mananampalataya para sa kahit anong bagay"**

Ang pariralang ito ay tumutukoy sa mga saksing ito na nagtitiwala sa Diyos para sa Kanyang pagtugon sa pangangailangan, na lubhang katulad ng mga salita ni Hesus sa labingdalawa sa Mateo 10:5-15 at sa Pitumpu sa Lucas 10:4-7.

Ito ang paggamit ng "Hentil" sa huling bahagi ng unang siglo bilang isang pagkabanggit sa mga pagano o hindi mananampalataya (cf. Mateo 5:47; I Pedro 2:12; 4:3). Ang mga mananampalataya ay kailangang itaguyod ang gawain ng ebanghelyo! Ang sinumang tumutulong ay naghahayag ng kanyang puso.

Noong panahon ni Juan, maraming mga guro ang nagtuturo para sa salapi at katanyagan. Ang mga guro/mangangaral /naghahayag ng ebanghelyo ng Diyos ay kailangang tulungan hindi para sa kanilang mga salita, ngunit dahil sa sila ay may pagsasakripisyong ibinilang sa misyon ng Panginoon.

**v. 8 "Nararapat nga nating"** Ito ay isang malimit na pag-uulit, pangkaasalang pagpapaalala (cf. Juan 13:14; 19:7; I Juan 2:6; 3:16; 4:11). Ang salitang *opheilō* ay nangangahulugan nang literal na magkaroon ng pagkakautang sa pananalapi, ngunit ito ay ginamit na pang sagisag na magkaroon ng pananagutan o magkaroon ng pagkakautang sa sinuman.

▣ **"tanggaping mabuti ang mga gayon"** Ang magiliw na pagtanggap ay isang napakahalagang tungkulin ng naunang iglesiya dahil sa nakakalungkot na mga moral na kalagayan ng karamihan sa mga lokal na tinutuluyan (cf. Mateo 25:35; Gawa 12:13; I Timoteo 3:2; 5:10; Tito 1:8; Hebreo 13:2; I Pedro 4:9).

▣ **"upang tayo'y maging kasama sa paggawa sa katotohanan"** Yamang ang mga mananampalataya ay tumutulong sa mga misyonero, sila ay kabilang sa kanilang mga gawa ng pananampalataya at katotohanan. Ito ay isang saligan ng ebanghelyo! Ang pamamatnubay ng NT para sa mga pagkakaloob na Kristiyano ay matatagpuan sa II Corinto 8-9.

## TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 9-10

**9 Ako'y sumulat ng ilang bagay sa iglesia: datapuwa't si Diotrefes na nagiibig magkaroon ng kataasan sa kanila, ay hindi kami tinatanggap. 10 Kaya't kung pumariyan ako, ay ipaaalaala ko ang mga gawang kaniyang ginagawa, na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin: at hindi nasisiyahan sa ganito, ni hindi man niya tinatanggap ang mga kapatid, at silang mga ibig tumanggap ay pinagbabawalan niya at pinalalayas sila sa iglesia.**

**v. 9 "Ako'y sumulat ng ilang bagay sa iglesia"** Ito ay maaaring tumukoy sa I o II Juan o sa isang nawalang sulat; sa lahat ng bagay na maaaring mangyari, ito ay tumutukoy sa II Juan. Tingnan ang Natatanging Paksa: Iglesiya (*Ekklesia*) sa v. 6.

▣ **"si Diotrefes na nag-iibig magkaroon ng kataasan sa kanila"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG TAHAS PANDIWARI. Ito ay isang tambalang salita "pag-ibig" (*phileō*) at "tatangan sa unang antas" (*prōteuō*). Ito ay ginamit lamang dito sa NT, ngunit ang pangalawang salita ay ginamit sa Colosas 1:18 sa pangunahing antas ni Kristo. Ang taong ito ay ang unang natalang "mapanghikayat para sa kapangyarihan" or "amo sa iglesiya." Hindi natin alam kung siya ay isang pastor o karaniwang tao. Gayunpaman, ito ay nagpapakita ng kanyang mga motibo. Ang ganiltong uri ng mapangmataas na tao ay palagian nang na sa iglesiya sa bawat panahon! Kung siya ay isang Nostik ay hindi tiyak at hindi nakatala, ngunit maaari.

Si James Dunn, sa *Unity and Diversity in the New Testament*, p. 392, ay nakita si Diotrefes bilang isang halimbawa ng "maagang katolisismo."

> "Sa partikular, ang pagkamakasarili ni Juan ay talagang maaaring mapaniwalaan na tiyak na maunawaan bilang isang *pagtutol* laban sa uri ng mga kalakarang pag-institusyon na kitang-kita sa mga sulat na Pastoral (sa itaas ng pp. 129f., cf. muli sa Hebreo at Pahayag – §§31.2, 3). Gayundin, ang mga sulat ni Juan ay tila kung sinuman ang dapat tutulan sa uri ng sakramentalismo na maliwanag nang naitatag sa naunang katolisismo ni Ignacio ('ang gamot ng kawalang-kamatayan' – Efeso, 20.2) (tingnan sa itaas ng §41). Ang pinaka-nakakatawag-pansin sa lahat ay ang pagsalakay ng 'matanda' kay Diotrefes sa III Juan 9f. Maliwanag na si Diotrefes ay namamahala sa iglesiya kahit na papaano: hindi lang siya ay may kakayahang tanggihan ang mga dumadalaw ng mga Kristiyano, kundi siya rin ay 'nagpapalayas mula sa iglesiya' sa sinumang sasalansang sa kanya. Si Diotrefes, sa ibang salita, ay kumikilos na may kapangyarihan ng isang maharlikang obispo (cf. Ignacio, Efeso, 6.1; Trall., 7.2; Smyrn., 8.1f), at ito ay laban sa kanyang pita para sa katanyagan sa iglesiya at kapangyarihan (*philoprōteuōn*) na sinulat ng 'ang matanda'. Sa kabilang banda, ipinalagay na ang III Juan ay nanggalin mula sa katulad na pangkat sa I at II Juan, ito ay lubusang makikita bilang pagtugon sa isang uri ng kapulungan o kapulungang Kristiyanismo, isang laban sa institusyon at pansariling kabanalan, tumutuligsa laban sa lumalaking impluwensiya ng naunang katolisismo."

▣ **"hindi kami tinatanggap"** Hindi lang tinanggihan ni Diotrefes ang kapangyarihang pang-Apostol ni Juan, kundi siya ay mapusok na kasangkot sa pagtanggi ng mga patakaran ng Apostol at kahit na kanyang paghihiganti sa mga sumusunod!

**v. 10 "kung"** Ito ay isang PANGATLONG URING MAY PASUBALING PANGUNGUSAP na nangangahulugang na maaaring pagkilos.

▣ **"ipaaalaala ko ang mga gawang kaniyang ginagawa"** Gusto ni Juan na maliwanag na ilarawan ang mga layunin ng taong (cf. v. 9) ang mga gawa (cf. v. 10):

1. NASB – "na nagsasalita ng masasamang salita laban sa amin"

NKJV – "nagsasatsat laban sa atin na may salitang masamang hangarin"
NRSV – "nagpapalaganap ng mga maling paratang laban sa atin"
TEV – "ang mga kakila-kilabot na mga bagay na sinasabi niya sa atin at ang mga kasinungalingan na kanyang sinasabi"
NJB – "ang mga buktot na paratang na kanyang ikinakalat laban sa atin"

2. "siya sa kanyang sarili ay hindi tinanggap ang mga kapatiran"
3. "pinagbabawalan niya ang nagnanais na *gawin nga ito*"
4. "kanyang pinapaalis *sila* sa iglesiya"

Ang taong ito ay nagnanais ng pansin at hindi niya ibabahagi ang kasikatan sa kaninuman. Tinatanggal niya rin sa iglesiya ang sinuman ang mga di-sumang-ayon, o di sasang-ayon sa kanya.

▣ **"pinalalayas *sila* sa iglesia"** Ang katulad na malakas na PANDIWA (*ekballō*) ay ginamit sa Juan 9:34,35 para sa mga bulag na pinagaling ni Hesus healed na itiniwalag mula sa Sinagoga.

Ito rin ay ginamit kay Satanas na pinapalayas sa Juan 12:31.

## TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 11-12

**11 Minamahal, huwag mong tularan ang masama, kundi ang mabuti. Ang gumagawa ng mabuti ay sa Diyos: ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Diyos. 12Si Demetrio ay pinatotototohanan ng lahat, at ng katotohanan: oo, kami man ay nagpapatotoo rin; at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay.**

**v. 11 "huwag mong tularan ang masama"** Ito ay isang PANGKASALUKUYANG PANGGITNANG (deponent) PAUTOS na kadalasang nagpapahiwatig ng paghinto ng isang pagkilos na nagpapatuloy. Nakuha natin ang Ingles na salitang "mimic" mula dito sa Griyegong salita (*mimeomai*). Kailangan nating pumili nang maingat sa ating mga tutularang halimbawa. Kailangan silang mga maging isang hustong Kristiyanon sa iglesiya (cf. II Thesolonica 3:7,9; Hebreo 6:12; 13:7). Si Demetrio ay siang mabuting halimbawa, si Diotrefes ay isang masamang halimbawa.

▣ **"Ang gumagawa ng mabuti ay sa Diyos"** Ang mga sulat ni Juan ay mayroong tatlong mga pagsusuri na ang sinuman ay maaaring malaman na sila ay Kristiyano. Ito ay tumutukoy sa pagsusuri ng pagtalima (cf. I Juan 2:3-6,28-29; 3:4-10; 5:18; II Juan 6). Mayroon ding mga pagkabanggit sa iba pang mga pagsusuri: (1) doktrina (vv. 3-4) at (2) pagmamahal (vv. 1-2,6).

▣ **"ang gumagawa ng masama ay hindi nakakita sa Diyos"** Ang mga bulaang guro na nag-aangkin ng malapit na pagkakakilala sa Diyos ngunit namumuhay ng walang Diyos at walang pag-ibig na mga buhay. Ito ay nagpapakita ng kawalan ng pagkilala sa kautusan, makamundong Nostiko na naniniwala na ang kaligtasan ay isang nalalamang katotohanan na kailangan ng paninindigan ngunit walang kinalaman sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**v. 12 "Si Demetrio ay pinatotototohanan ng lahat"** Ito ay isang GANAP BALINTIYAK NA MAY PAHIWATIG. Ito ay tunay na nagmukhang isang sulat ng pagtatagubilin mula kay Juan para kay Gayo patungkol misyonero Demetrio, na maaaring nagpadala ng III Juan kay Gayo. Para sa iba pang mga sulat ng pagtatagubilin sa NT, tingnan sa Gawa 18:27; Gawa 16:1; I Corinto 16:3; II Corinto 3: 1; 8:16-24; Colosas 4:10.

▣ **"at ng katotohanan"** Ang Katotohanan (Tingnan ang Natatanging mga Paksa sa Juan 6:55 at 17:3) ay binagyang-buhay bilang isang saksi sa mabuting patoto ni Demetrio.

▣ **"nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay"** Binibigyang-diin ni Juan ang kanyang mapagkakatiwalaang pagsaksi kay Kristo (cf. Juan 19:35; 21:24).

## TALATA SA NASB (BINAGO): MGA TALATA 13-14

**13Maraming mga bagay ang isusulat ko sana sa iyo, datapuwa't hindi ko ibig isulat sa iyo ng tinta at panulat: 14Datapuwa't inaasahan kong makita kang madali, at tayo'y magkakausap ng mukhaan.**

**v. 13** Ito ay lubhang kahalintulad sa II Juan 12.

## TALATA SA NASB (BINAGO): TALATA 14b

**14bAng kapayapaa'y sumainyo nawa. Binabati ka ng mga kaibigan. Batiin mo ang mga kaibigan sa pangalan.**

**v. 14 "Ang kapayapaa'y sumainyo nawa"** Ito ay walang alinlangang isang sangunian sa isang katagang Hebreong *shalom* (cf. Lucas 10:5). Ito ay maaaring mangahulugang "kumusta" o "paalam." Ito ay nagpapahayag hindi lamang ang kawalan ng

mga suliranin ngunit ang pagkakaroon ng pagpapala mula sa Diyos. Ito ang mga unang salita ni Kristo na muling nabuhay sa mga alagad sa itaas na silid (cf. Juan 20:19,21,26). Kapwa sina Pablo (cf. Efeso 6:23) at Pedro (cf. I Pedro 5:14) ay ginamit ito bilang isang pangwakas na panalangin para sa mga tao ng Diyos.

▣ **"sa pangalan"** Ito ay isang kataga para sa pang-isahan, pangsarili, at may kasiglahan. Ito ay kadalasang ginagamit sa mga papyrus ng Ehipto.

## MGA TALAKAYANG TANONG

Ito ay isang komentaryong gabay sa pag-aaral, na nangangahulugan na ikaw ay may pananagutan sa iyong sariling interpretasyon sa Bibliya. Ang bawat isa sa atin ay dapat lumakad sa liwanag na mayroon tayo. Ikaw, ang Bibliya, at ang Banal sa Espiritu ay pangunahin sa interpretasyon. Hindi mo dapat iasa ito sa taga-pagsuri.

Ang mga talakayang tanong na ito ay inihanda upang tulungan kang mag-isip sa pamamagitan ng mga pangunahing paksa sa bahaging ito ng aklat. Ito ay nangahulugang dapat maging mapukaw-isip, hindi pang kahulugan lamang.

1. Mayroong maraming mga palagay patungkol sa kung bakit sina Gayo and Diotrefes ay may hindi pagkakasundo sa bawat isa. Ang ilan sa mga mungkahi ay:
   a. Mga pang-teolohikong sanhi
   b. Mga panlipunang sanhi
   c. Mga pang-iglesiyang sanhi
   d. Mga pang-kaasalang sanhi

   Ipaliwanag ang bawat isang posibilidad at papaano sila maaaring maiugnay sa III Juan.
2. Papaano naging magkaugnay ang II Juan at III Juan?
3. Magbigay ng tatlong mga pagsubok para sa Kristiyanong katiyakan na makikita sa I Juan na inulit sa II Juan at III Juan.

# DAGDAG NA DAHON ISA

## MGA MAIIKLING KAHULUGAN NG MGA GRIYEGONG SALATANG PANG-BALARILA

Ang Griyegong Koine, ay madalas na tinawag na Griyegong Hellenistic, ay ang pangunahing wika sa mundo ng Mediteraneo simula pa sa pagsakop ni Alexander na Dakila (336-323 B.C..) at nagtagal ng mahigit walong daang taon (300 B.C.-A.D. 500). Ito ay hindi lamang pinagaan, klasikong Griyego, ngunit sa maraming paraan ay isang mas bagong anyo ng Griyego na nagging ikalawang wika sa mundo ng Ancient Near East sa Mediteraneo.

Ang Griyego ng Bagong Tipan ay naiiba sa ilang mga kaparaanan sapagkat ang mga gumagamit nito, maliban kay Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo, ay marahil gumamit ng Aramaic bilang kanilang pangunahing wika. Samakatwid, ang kanilang mga kasulatan ay naimpluwensyahan ng mga kataga at mga istrukturang anyo ng Aramaic. At saka, sila ay bumasa at sumipi ng Septuagint (Griyegong salin ng Lumang Tipan) na siya rin namang isinulat sa Griyegong Koine. Ngunit ang Septuagint ay isinulat rin ng mga iskolar na Hudyo na ang inang salita ay hindi Griyego.

Ito ay nagsisilbing paalala na hindi natin maaring itulak ang Bagong Tipan sa isang mahigpit na istrukturang balarital. Ito ay isang naiiba at mayroong labis na pagkakahawig sa (1) ang Septuagint; (2) mga pang-Hudyong kasulatan gaya ng kay Josephus; at (3) ang papyri na natagpuan sa Ehipto. Paano natin ngayon tatangkain ang isang pang-balarilang pag-aaral sa Bagong Tipan?

Ang pang-balarilang katangian ng Griyegong Koine at Griyegong Koine ng Bagong Tipan ay sunod-sunuran. Sa maraming kaparaanan ito ay panahon g pagpapakasimple ng balarila. Ang kaugnay na kahulugan ang ating mas nakalalamang na gabay. Ang mga salita ay mayroong lamang kahulugan sa mas malaking kaugnay na kahulugan, samakatwid, ang pang-balarilang kayarian ay maari lamang maunawaan sa pamamagitan ng (1) partikular na pamamaraan ng may akda; at (2) sa isang partikular na kaugnay na kahulugan. Walang konklusibong kahulugan sa mga anyo at kayarian ng Griyego ang maaari.

Ang Koine na Griyego ay una sa lahat ay isang berbal na wika.. Madalas ang susi sa pagbibigay ng kahulugan ay ang uri at anyo ng mga PANDIWARI. Sa madalas na pangunahing sugnay ang PANDIWA ay mauunang makita, na nagpapakita ng pagiging mataas nito. Sa pagsusuri ng mga Griyegong PANDIWA tatlong mga bahagi ng kaalaman ang dapat punahin (1) ang batayang pagbibigay diin sa PANAHUNAN, TINIG at PANAGANO (morpolohiya); (2) ang batayang kahulugan ng partikular na PANDIWA (leksikograpya); at (3) ang daloy ng kaugnay na kahulugan (palaugnayan).

I. PANAHUNAN

A. Ang Panahunan o aspeto na nagsasangkot sa ugnayan ng mga PANDIWA sa isang natapos na pagkilos o di natapos na pagkilos. Ito ay madalas na tinatawag na "GANAP" at "DI-GANAP."
   1. Ang mga GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa paglitaw ng isang pagkilos. Walang karagdagang kaalaman ang ibinigay maliban na isang bagay ang nangyari! Nagsimula ito, ang pagpapatuloy o pagtatapos ay hindi tinalakay.
   2. DI-GANAP NA PANAHUNAN ay tumutuon sa nagpapatuloy na pagganap ng isang pagkilos. Ito ay maaring ilarawan sa mga terminong taluhabang aksyong, tagalang pagkilos, progresibong pagkilos, atbp.

B. Ang mga panahunan ay maaring maipapangkat sa kung paano ang may akda nakikita ang pagkilos na nagproprogreso
   1. Naganap na = AORIST
   2. Ito'y naganap at ang bunga ay nanatili = GANAP
   3. Ito'y nagaganap sa nakalipas at ang mga bunga ay nanatili, ngunit hindi ngayon = LIPAS NA GANAP
   4. Ito ay nagaganap = PANGKASALUKUYAN
   5. Ito ay nagaganap na = DI-GANAP
   6. Ito ay magaganap = PANGHINAHARAP

   Isang konkretong halimbawa kung paano ang mga salitang PANAHUNAN ay makakatulong sa pagbibigay ng kahulugan ay ang salitang "ligtas." Ito ay ginamit ng ilang magkakaibang panahunan upang ipakita ang parehong pagganap at pagtatapos:
   1. AORIST – "naligtas" (cf. Roma 8:24)
   2. GANAP – "ay iniligtas at ang bunga ay nagpapatuloy" (cf. Efeso 2:5,8)
   3. PANGKASALUKUYAN – "inililigtas" (cf. I Corinto 1:18; 15:2)
   4. PANGHINAHARAP – "ay ililigtas" (cf. Roma 5:9, 10; 10:9)

C. Sa pagtutuon sa PANDIWANG PANAHUNAN, ang mga tagapagsalin ay tumitingin sa dahilan ng pagpili orihinal na may akda sa pagpapahayag ng kanyang sarili sa ilang mga PANAHUNAN. Ang pamantayan "walang mga pagarbo" na panahunan ay ang AORIST. Ito ay regular "di-tiyak," "di-markado," o "walang hudyat" na anyo ng PANDIWA. Ito ay maaring gamitin sa malawak na magkakaibang mga paraan na kung saan ang kaugnay na kahulugan ay matutukoy. Ito ay payak na paglalahad ng isang bagay ay nangyari. Ang nakalipas na aspeto ng oras ay nilalayon lamang sa INDIKATIBONG PANAGANO. Kung may ibang PANAHUNAN ang ginamit, isang bagay ang mas tiyak na binibigyan diin. Ngunit bakit?

1. GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang natapos na pagkilos na may nanatiling mga bunga. Sa ilang mga kaparaanan ito ay isang pagsasama ng AORIST at PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Madalas ang pokus ay sa pananatili ng mga bunga o ang pagkokompleto ng isang gawa (halimbawa: Efeso 2:5 & 8, "kayo ay nangagligtas at patuloy na nangangagligtas").
2. LIPAS NA GANAP NA PANAHUNAN. Ito ay kagaya ng GANAP maliban sa ang mga nananitiling mga bunga ay nawala na. Halimbawa: Juan 18:16 "si Pedro ay nakatayo sa pintuan sa labas."
3. PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang di-kompleto o di-perpektong pagkilos. Ang pokus ay madalas sa pagpapatuloy ng isang pangyayari. Halimbawa: I Juan 3:6 & 9, "Ang sinomang nananahan sa Kaniya ay hindi nagkakasala." "Ang sinomang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala."
4. DI-GANAP NA PANAHUNAN. Sa panahunang ito ang ugnayan sa PANGKASALUKUYANG PANAHUNAN ay kahawig sa ugnayan sa pagitan ng GANAP at ang LIPAS NA GANAP. Ang DI-GANAP ay nagsasalita sa di-kompletong pagkilos na nangyayari ngunit ngayon ay nawala na o ang simula ng isang pagkilos sa nakalipas. Halimbawa: Mateo 3:5, "Nang magkagayo'y nilabas siya ng Jerusalem" o "nang magkagayon ang buong Jerusalem ay nagsimulang lumabas patungo sa kanya."
5. PANGHINAHARAP NA PANAHUNAN. Ito ay nagsasalita sa isang pagkilos na madalas ay inuumang sa panghinaharap na saklaw ng panahon. Ito ay tumutuon sa potensyal na paglitaw ng isang pangyayari kaysa sa isang aktwal na paglitaw nito. Ito ay madalas na nagsasalita sa katiyakan ng isang pangyayari. Halimbawa: Mateo 5:4-9, "Mapapalad ang mga. . . nila ang. . ."

## II. TINIG

A. TINIG ay naglalarawan sa ugnayan sa pagitan ng pagkilos ng PANDIWA at ng SIMUNO nito.

B. TAHASANG TINIG ay ang normal, inaasahan, di-binigyan diin na paraan ng pagsasaysay na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA.

C. Ang BALINTIYAK NA TINIG ay nangangahukugan na ang simuno ay nakakatatanggap ng pagkilos ng PANDIWA na ginawa ng isang panlabas na ahente. Ang panlabas na ahente na gumawa ng pagkilos ay itinuro sa Griyegong NT sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga PANG-UKOL at mga kaso:

1. isang personal na direktang ahente sa pamamagitan ng *hupo* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo1:22; Mga Gawa 22:30).
2. isang personal at kagyat na ahente sa pamamagitan ng *dia* na may kasamang ABLATIBONG KASO (cf. Mateo 1:22).
3. isang di-personal na ahente na madalas sa pamamagitan ng *en* na may kasamang KASANGKAPANG KASO.
4. minsan alinman sa personal o di-personal na ahente sa pamamagitan ng KASANGKAPANG KASO lamang.

D. Ang PANGGITNANG TINIG ay nangangahulugan na ang simuno ay gumagawa ng pagkilos ng PANDIWA at siya rin direktang sangkot sa pagkilos ng PANDIWA. Ito ay madalas na tinawag na tinig ng pinahigpit na personal na interest. Ang konstruksyon na ito ay nagbibigay diin sa simuno ng sugnay o pangungusap sa ilang mga paraan. Ang konstruksyon na ito ay hindi matatagpuan sa Ingles. Ito ay may malawak na posibilidad ng mga kahulugan at mga salin sa Griyego. Ang ilang mga halimbawa ng anyong ito ay:

1. PASARILI – ang direktang pagkilos ng simuno sa mismong sarili. Halimbawa: Mateo 27:5 "binitay ang sarili."
2. INTENSIBO – ang simuno gumagawa ng pagkilos sa kanyang sarili. Halimbawa: II Corinto 11:14 "si Satanas man ay nagpapakunwaring anghel ng kaliwanagan."
3. RESIPROKAL – ang paglalato ng dalawang mga simuno. Halimbawa: Mateo 26:4 "At sila'y sangagsanggunian."

## III. PANAGANO (O "MODA")

A. Mayroong apat na mga PANAGANO sa Koineng Griyego. Sila ay nagpapahiwatig ng ugnayan ng PANDIWA sa katotohanan, kahit man lang sa sariling isipan ng may. Ang mga PANAGANO ay nahahati sa dalawang malawak na kategorya: na siyang nagpapahiwatig ng katotohanan (INDIKATIBO) at siya rin nagpapahiwatig na maaaring mangyari(PASAKALI, PAUTOS at OPTATIBO).

B. Ang INDIKATIBO PANAGANO ay ang normal na PANAGANO sa pagpapahayag ng pagkilos na nangyari na or nangyayari na, kahit man lang sa isipan ng may akda. Ito <u>lamang</u> ang Griyegong panagano na nagpapahayag ng isang tiyak na

oras, at maging dito ang aspetong ito ay pangalawa lamang.

C. Ang PASAKALING PANAGANO ay nagpapahayag ng panghinaharap na pagkilos. Isang bagay na hindi pa nangyayari, ngunit ang may pagkakataon na ito ay mangyayari. Ito ay may higit na pagkakapareho sa PANGHINAHARAP INDIKATIBO. Ang pagkakaiba ay ang PASAKALI ay nagpapapahayag ng ilang antas ng pag-aalinlangan. Sa Ingles ito ay madalas na ipinapahayag ng mga terminong "maari," "nais," "marahil," or "puwede."

D. Ang OPTATIBO PANAGANO ay nagpapahayag ng isang hiling na kanilay-nilay na posible. Ito ay itinuturing na isang hakbang palayo mula sa katotohanan kaysa sa PASAKALI. Ang OPTATIBO ay nagpahayag ng posibilidad sa ilalim ng ilang mga kondisyon. Ang OPTATIBO ay bihira sa Bagong Tipan. Ang pinakamadalas na pagkakagamit ay sa tanyag na parirala ni Pablo, "Maaring ito'y huwag nawa" (KJV, "Nagbabawal ang Diyos"), ginamit ng labinlimang beses (cf. Roma 3:4, 6, 31; 6:2, 15; 7:7, 13; 9:14; 11:1, 11; I Corinto 6:15; Galacia 2:17; 3:21; 6:14). Ang ibang mga halimbawa ay matatagpuan sa Lucas 1:38, 20:16, Mga Gawa 8:20, at I Thesalonica 3:11.

E. Ang PAUTOS PANAGANO ay nagdidiin sa isang utos na isang maaari, ngunit ang pagdidiin ay sa layunin ng tagapagsalita. Ito'y nagsasaysay lamang ng bolisyonal na posibilidad at ikinondisyon sa pagpipilian ng iba pa. Mayroong isang espesyal na gamit ang PAUTOS sa mga panalangin at sa ikatlong persona na mga kahilingan. Ang mg autos na ito ay matatagpuan lamang sa PANGKASALUKUYAN at AORIST NA PANAHUNAN sa NT.

F. Ang ilang mga balarila ay nagkategorya sa mga PANTUKOY sa ibang uri ng PANAGANO. Sila ay napaka-karaniwan sa Griyegong NT, madalas na binigyan kahulugan bilang isang PANDIWANG PANG-URI. Sila ay isinalin na kasabay sa pangunahing PANDIWA kung saan sila ay inuugnay. Ang isang malawak na mga uri ay posible sa pagsasalin ng mga PANTUKOY. Pinakamuhasay na konsultahin ang ilang mga salin na Ingles. *The Bible in Twenty Six Translations* na inilatha ng Baker ay isang malaking tulong dito.

G. The AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang normal o "di-minarkahang" paraan sa pagtatala ng isang pangyayari. Alinmang ibang PANAHUNAN, TINIG o PANAGANO ay may ilang mga parikular na nagpapakahulugang kahalagahan na ang orihinal na may-akda na nais na ipagbigay-alam.

IV. Para sa isang tao na hindi pamilyar sa Griyego ang mga sumusunod na tulong pag-aaral ay magbibigay ng kinakailangang kaalaman:

A. Friberg, Barbara at Timothy. *Analytical Greek New Testament*. Grand Rapids: Baker, 1988.

B. Marshall, Alfred. *Interlinear Greek-English New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1976.

C. Mounce, William D. *The Analytical Lexicon to the Greek New Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1993.

D. Summers, Ray. *Essentials of New Testament Greek*. Nashville: Broadman, 1950.

E. Mga pinaniniwalang sulating pang akademya sa mga kurso para sa Koine Griyego ay makukuha sa pamamagitan ng Moody Bible Institute sa Chicago, IL.

V. MGA PANGNGALAN

A. Sa palaugnayan, ang PANGNGALAN ay inuuri sa pamamagitan ng KASO. Ang KASO ay ang binagong tono ng anyo ng isang PANGNGALAN na nagpapakita ng ugnayan nito sa PANDIWA at sa ibang mga bahagi ng pangungusap. Sa Koineng Griyego marami sa mga tungkulin ng KASO ay ipinahihiwatig sa pamamagitan ng PANG-UKOL. Dahil sa ang anyong KASO ay nagawang alamin ang ilang magkakaibang mga ugnayan, ang PANG-UKOL ay nakalinang upang ibigay ang mas malinaw na pagkakahiwalay ng mga posibling mga tungkuling ito.

B. Griyegong KASO ay inuuri sa mga sumusunod na walong mga paraan:
1. Ang PALAGYONG KASO ay ginamit para pagpapangalan at ito ay madalas sa ang SIMUNO ng pangungusap o sugnay. Ito rin ay ginamit para sa PANAGURING PANGNGALAN at mga PANG-URI na may kasamang pagdugtong na mga PANDIWA "upang maging" o "maging."
2. Ang DYENITIBONG KASO ay ginamit para sa paglalarawan at madalas nagtatalaga ng isang katangian o kalidad sa salita kung saan ito inuugnay. Ito ay sumasagot sa katanungang, "Anung uri?" Ito ay madalas na nagpapahayag sa pamamagitan ng paggamit ng Ingles na PANG-UKOL "ng."
3. Ang ABLATIBONG KASO ay gumamit ng kaparehong binagong tonong anyo na gaya ng sa DYENITIBO, ngunit ito ay ginamit upang ilarawan ang pagkakahiwala. Ito ay madalas na naitalang pagkakahiwalay mula sa isang punto ng

panahon, lawak, pinagmulan o antas. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng paggamit sa Ingles ng PANG-UKOL "mula."

4. Ang DATIBONG KASO ay ginamit upang ilarawan ang personal na interest. Ito ay maaring magtala ng isang positibo o negatibong aspeto. Madalas ito ay ang DI-TUWIRANG LAYON. Ito ay madalas na ipinapahayag sa Ingles sa PANG-UKOL na "upang."
5. Ang LOKATIBONG KASO ay katulad sa binagong tonong anyo na gaya ng sa DATIBO, ngunit ito ay naglalarawan sa posisyon o lokasyon sa lawak, oras o lohikal na mga pagtatakda. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL "sa, nasa, malapit sa, kasama ng, habang, sa pamamagitan ng, sa ibabaw ng, at sa tabi ng ."
6. Ang PANGKASANGKAPANG KASO ay katulad ng binagong tonong anyo na DATIBO at LOKATIBO KASO. Ito ay nagpapahayag ng mga kaparaanan o kaugnayan. Ito ay madalas na ipinapahayag sa pamamagitan ng Ingles na mga PANG-UKOL, "sa pamamagitan ng o "kasama ng."
7. Ang AKUSATIBO KASO ay ginamit upang ilarawan ang konklusyon ng isang pagkilos. Ito ay nagpapahayag ng pagtatakda. Ang pangunahing gamit nito ay TUWIRANG LAYON. Ito ay sumasagot sa tanong na, "Gaano kalayo?" o "Hanggang saan ang?"
8. Ang BOKATIBONG KASO ay ginamit para sa direktang pananalita.

## VI. PANGATNIG AT PANG-UGNAY

A. Ang Griyego ay isang napakatumpak na wika sapagakat ito ay mayroon napakaraming mga pang-ugnay. Sila ay nagdudugtong ng mga kaisipan (SUGNAY, PANGUNGUSAP, at TALATA). Sila ay napakakariniwan na ang kanilang pagkawala (asendeton) ay madalas ay may eksehital na kahalagahan. Sa katotohanan, ang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY na ito ay nagpapakita ng direksyon sa kaisipan ng may akda. Sila ay madalas na krusyal sa pag dedetermina ng kung ano ang kanyang eksaktong nais na ipagbigay alam.

B. Narito ang isang listahan ng ilang mga PANGATNIG at PANG-UGNAY at ang kanilang mga kahulugan (ang imormasyon na ito ay madalas na nakikita mula sa H. E. Dana at Julius K. Mantey's *A Manual Grammar of the Greek New Testament*).

1. Panahunang PANG-UGNAY
   a. *epei, epeidē, hopote, hōs, hote, hotan* (PAS.) – "kailan"
   b. *heōs* – "habang"
   c. *hotan, epan* (PAS.) – "kapag"
   d. *hōs, achri, mechri* (PAS.) – "hanggang"
   e. *priv* (PAW.) – "bago"
   f. *hōs* – "mula pa," "kapag," "habang"
2. Lohikal na PANG-UGNAY
   a. Layunin
      (1) *hina* (PAS.), *hopōs* (PAS.), *hōs* – "upang ang," "na ang"
      (2) *hōste* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) – "na ang"
      (3) *pros* (PANTUKOY NA AKUSATIBONG PAWATAS) o *eis* (PANTUKOY NA AKUSATIBO PAWATAS) – "na ang"
   b. Resulta (mayroong isang malapit na kaugnayan sa pagitan ng gramtikal na mga anyo sa layunin at bunga)
      (1) *hōste* (PAWATAS, ito ang napakakariniwan)– "upang ang," "kaya"
      (2) *hiva* (PAS.) – "nang sa gayon
      (3) *ara* – "kaya"
   c. Pansanhi o dahilan
      (1) *gar* (sanhi/epekto o dahilan/konlusyon) – "para," "sapagkat"
      (2) *dioti, hotiy* – "sapagkat"
      (3) *epei, epeid*s*, hōs* – "dahil sa"
      (4) *dia* (may akusatibo) at (may PANTUKOY NA infin.) – "sapagkat"
   d. Imperensiyal
      (1) *ara, poinun, hōste* – "samakatuwid"
      (2) *dio* (pinakamalakas na imperensiyal na PANGATNIG) – "sa kung aling salaysay," "sa gayon," "samakatuwid"
      (3) *oun* – "samakatuwid," "kaya," "kung gayon," "dahil dito"
      (4) *toinoun* – "nang naaalinsunod"
   e. Kasalungat o pagkakaiba
      (1) *alla* (malakas na KASALUNGAT) – "ngunit," "maliban"
      (2) *de* – "ngunit," "gayunman," "muna," "sa kabilang dako"
      (3) *kai* – "ngunit"
      (4) *mentoi, oun* – "gaynman"
      (5) *plēn* – "higit kailanman" (karamihan sa Lucas)

(6) *oun* – "gayunman"

f. Paghahambing

(1) *hōs, kathōs* (nagpapakilala ng KOMPARATIBONG MGA SUGNAY)

(2) *kata* (sa mga tambalan, *katho, kathoti, kathōsper, kathaper*)

(3) *hosos* (sa Mga Hebreo)

(4) *ē* – "kaysa"

g. Nagpapatuloy or serye

(1) *de* – "at," "ngayon""

(2) *kai* – "at"

(3) *tei* –*"at"*

(4) *hina, oun* – "ns"

(5) *oun* – "kung gayon" (sa Juan)

3. Mariin na mga pagkakagamit

a. *alla* – "katiyakan," "o," "sa katotohanan"

b. *ara* – "talaga," "tiyak," "totoo"

c. *gar* – "ngunit talaga," "tiyak," "talaga"

d. *de* – "talaga"

e. *ean* – "kahit na"

f. *kai* – "kahit na," "talaga," "totoo"

g. *mentoi* – "talaga"

h. *oun* – "totoo," "sa anomang paraan "

## VII. KONDISYONAL NA MGA PANGUNGUSAP

A. Ang KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay isa sa nagtataglay ng isa o higit pang mga kondisyonal na mga sugnay. Ang balaritang istrukturang ito ay tumutulong sa pag-iinterpret sapagkat ito ay nagbibigay ng mga kondisyon, dahilan o mga sanhi kung bakit ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA lumitaw o hindi lumitaw. Mayroong apat na mga uri ng mga KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP. Sila ay lumisan mula sa iniisip na totoong perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin na siyang hiniling lamang.

B. Ang UNANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay nagpapahayag ng pagkilos o tanging siyang inisip na totoo mula sa perspektibo ng may akda o para sa kanyang layunin bagamat ito ay ipinahayag na may kasamang " kung." Sa ilang mga kaugnay na kahulugan ito ay maaring maisalin sa " dahil sa" (cf. Mateo 4:3; Roma 8:31). Gayunpaman, hindi ito nangangahulugang nagpapahiwatig na ang lahat ng mga UNANG MGA URI ay totoo sa katotohanan. Madalas sila ay ginamit upang gumawa ng isang puntong pang argumento o upang pagliwanagin ang sang kasinungalingan (cf. Mateo 12:27).

C. Ang IKALAWANG URI NA KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP ay madalas na tinatawag na "salungat sa katotohanan." Io ay nagsasaysay ng isang bagay na hindi totoo sa katotohanan upang gumawa ng isang punto. Mga halimbawa:

1. "Ang taong ito, kung siya'y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya'y humihipo, na siya'y makasalanan" (Lucas 7:39)
2. "Sapagka't kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises, ay magsisisampalataya kayo sa akin; sapagka't tungkol sa akin siya'y sumulat." (Juan 5:46)
3. "Sapagka't ako baga'y nanghihikayat ngayon sa mga tao o sa Diyos? o ako baga'y nagsisikap na magbigay-lugod sa mga tao? kung ako'y magbibigay-lugod pa sa mga tao, ay hindi ako magiging alipin ni Cristo." (Galacia 1:10)

D. Ang IKATLONG URI ay nagsasalita sa posibleng panghinaharap na pagkilos. Ito ay madalas na nagpapalagay sa probabilidad ng pagkilos na yaon. Ito ay kadalasang nagpapahiwatig ng isang katiyakan ng anumang mangyari. Ang pagkilos ng pangunahing PANDIWA ay isang katiyakan ng anumang mangyari sa "kung" na sugnay. Mga halimbawa mula sa I Juan: 1:6-10; 2:4,6,9,15,20,21,24,29; 3:21; 4:20; 5:14,16.

E. Ang IKAAPAT NA URI ay ang pinakamalayo na inalis mula sa posibilidad. Ito ay bihira sa NT. Sa katunayan, walang kompletong IKAAPAT NA URING KONDISYONAL NA PANGUNGUSAP na kung saan ang parehong mga parte ng kondisyon ay tumutugma sa depinisyon. Isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa pambungad na sugnay ay sa I Pedro 3:14. At isang halimbawa ng isang bahagi ng IKAAPAT NA URI sa nagtatapos na sugnay ay sa Mga Gawa 8:31.

## VIII. MGA IPINAGBABAWAL

A. Ang PANGKASALUKUYANG PAUTOS na may kasamang MĒ KATAGA ay madalas (ngunit eksklusibo) ay mayroong pagdidiin sa pagpapatigil ng isang pagkilos na nasa pagganap na. Ilang mga halimbawa: "Huwag kayong

mangagtipon ng mga kayamanan sa lupa. . ." (Mateo 6:19); "Huwag kayong mangabalisa sa inyong pamumuhay. . ." (Mateo 6:25); "huwag din naman ninyong ihandog ang inyong mga sangkap sa kasalanan na pinaka kasangkapan ng kalikuan. . ." (Roma 6:13); "huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos. . ." (Efeso 4:30); at "huwag kayong magsipaglasing ng alak. . ." (5:18).

B. Ang AORIST PASAKALI na may kasamang MĒ KATAGA ay may pagdidiin sa "huwag man lang simulant o magsimula sa isang pagkilos." Ilang mga halimbawa: "Huwag ninyong isiping. . ." (Mateo 5:17); "Kaya huwag kayong mangabalisa. . ." (Mateo 6:31); "Huwag mo ngang ikahiya. . ." (II Timoteo 1:8).

C. Ang DOBLENG NEGATIBO na may kasamang PASAKALI PANAGANO ay isang napakamariing pagnenegatibo. "Hindi kailanman, kailanma'y hindi" o "hindi sa ilalim ng anomang kalagayan." Ilang mga halimbawa: "hindi siya makakakita magpakailan man ng kamatayan" (Juan 8:51); "kailan man ay hindi. . ." (I Corinto 8:13).

## IX. ANG PANTUKOY

A. Sa Koineng Griyego ang TAHASANG PANTUKOY "ang" ay gamit na gaya ng sa Ingles. Ang batayang tungkulin nito ay gaya ng sa "isang panturo" isang daan upang hikayatin ang atensyon patungo sa isang salita, pangalan o parirala. Ang gamit ay nag-iiba mula sa may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang TAHASANG PANTUKOY ay maaring rin may tungkulin
   1. bilang isang sumasalungat na aparato gaya ng sa isang demostratibo na PANGHALIP;
   2. bilang isang tanda na tumutukoy sa isang nakalipas na ipinakilalang SIMUNO o katauhan;
   3. bilang isang daan upang matukoy ang SIMUNO sa isang pangungusap na may kasamang pandugtong na PANDIWA. Mga halimbawa: "Ang Diyos ay Espiritu" (Juan 4:24); "Diyos ay ilaw" (I Juan 1:5); "Ang Diyos ay pag-ibig" (4:8,16).

B. Ang Koineng Griyego ay walang DI-TAHASANG PANTUKOY gaya ng sa Ingles "a" o "isang." Ang pagkawala ng TAHASANG PANTUKOY ay maaring nangangahulugang
   1. isang pagtuon sa mga katangian o kalidad ng isang bagay
   2. isang pagtuon sa kategorya ng isang bagay

C. Ang NT na mga may akda ay nag-iiba ng malaki sa kung paano ang mga PANTUKOY ay gamitin.

## X. MGA PARAAN NG PAGPAPAKITA NG PAGDIDIIN SA GRIYEGONG BAGONG TIPAN

A. Ang mga pamamaraan para sa pagpapakita ng pagdidiin ay nagkakaiba iba mula sa mga may akda sa may akda sa Bagong Tipan. Ang pinaka hindi nagbabago ay pormal na mga manunulat ay sina Lucas at ang may akda ng Mga Hebreo.

B. Ating ipinalalagay sa simula na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay ang pamantayan at hindi minarkahan para sa pagdidiin, ngunit anomang ibang PANAHUNAN, TINIG, o PANAGANO ay mayroong mahalagang pakahulugan. Hindi ito pagpapahiwatig na ang AORIST AKTIBONG INDIKATIBO ay hindi madalas na ginamit sa isang mahalagang gramatikong pang-unawa. (Halimbawa: Roma 6:10 [dalawang beses]).

C. Pagkakasunud-sunod ng salita sa Koineng Griyego
   1. Ang Koineng Griyego ay ang binagong tonong wika na kung saan ay hindi nakabatay, gaya ng Ingles, sa pagkakasunod-sunod ng salita. Samakatuwid, ang may –akda ay maaring mag-iba iba sa normal na inaasahang pagkakasunod-sunod upang ipakita ang
      a. kung ano ang nais na bigyan diin ng may akda sa mga mambabasa
      b. kung ano ang iniisip ng may akda na magbibigla sa mga mambabasa
      c. kung ano ang malalim na nararamdaman ng may akda sa isang bagay
   2. Ang normal na pagkakasunod-sunod ng salita sa Griyego ay nananatiling hindi naayos na isyu. Gayumpaman, ang dapat na normal na pagkakaksunod-sunod ay:
      a. para sa pandugtong na mga PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO
         (3) KAPUPUNAN
      b. para sa TRANSITIBONG PANDIWA
         (1) PANDIWA
         (2) SIMUNO

(3) LAYON
(4) INDIREKTANG LAYON
(5) PANG-UKOL NA PARIRALA

c. para sa PANGNGALAN PARIRALA
(1) PANGNGALAN
(2) PANURING
(3) PANG-UKOL NA PARIRALA

3. Ang pagkakasunod-sunod ng salita ay maaring lubusang napakahalaga na eksehital na punto. Mga halimbawa:
   a. "kanang kamay ay ibinigay nila sa akin at si Barnabas ng pakikisama." Ang pariralang "kanang kamay ng pakikisama" ay hinati at ibinunga upang maipakita ang kahalagahan nito (Galacia 2:9).
   b. "kasama ni Kristo" ay inilagay sa unahan. Ang Kanyang kamatayan ay sentro (Galacia 2:20).
   c. "Ito ay paunti-unti at sa sa iba't ibang paraan sa" (Hebreo 1:1) ay inilagay sa unahan. Ganito kung paano ipinahayag ng Diyos ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasalungat, hindi sa paggamit ng katotohanan ng kapahayagan.

D. Kadalasan sa ilang mga antas ang pagbibigay diin ay naipapakita sa pamamagitan ng
1. Ang paguulit-ulit ng mga PANGHALIP na siyang PANGKASALUKUYANG na sa anyong binagong tono ng PANDIWA. Mga halimbawa: "Ako,ang Aking sarili, ay tiyak na magpapasainyo. . ." (Mateo 28:20).
2. Ang kawalan ng inaasahang PANGATNIG, o ibang nagdudugtong na kagamitan sa pagitan ng mga salita, parirala, sugnay o mga pangungusap. Ito ang tinatawag naasyndeton ("o hindi nalimitahan"). Ang nagdudugtong na kagamitan ay inaasahan, kaya ang kawalan nito ay magaakit ng atensyon. Mga halimbawa:
   a. Ang Beatitudes, Mateo 5:3ff (nagbibigay diin sa tala)
   b. Juan 14:1 (bagong paksa)
   c. Roma 9:1 (bagong seksyon)
   d. II Corinto 12:20 (nagbibigay diin sa tala)
3. Ang paguulit-ulit sa mga salita o parirala ay ipinapakita sa isang ibinigay na kaugnay na kahulugan. Mga halimbawa: "upang bigyan lugod ang Kanyang kaluwalhatian" (Efeso 1:6,12 & 14). Ang pariralang ito ay ginamit upang ipakita ang gawa ng bawat isa sa persona ng Trinidad.
4. Ang paggamit ng idioma o salita (tunog) ay paglalaro sa pagitan ng mga salita
   a. euphemisismo – naghahalili sa mga salita para sa sensitibong mga paksa, gaya ng "tuloy" para sa kamatayan (Juan 11:11-14) o "paa" para sa ari ng lalaki (Ruth 3:7-8; I Samuel 24:3).
   b. kaliguyan – naghahalili sa mga salita para sa pangalan ng Diyos, gaya ng "Kaharian ng langit" ( Mateo 3:21) o "isang tinig mula sa kalangitan" (Mateo 3:17).
   c. Mga Talinghaga
      (1) imposibleng kalabisan (Mateo 3:9; 5:29-30; 19:24)
      (2) mahinahong mga pananalita (Mateo 3:5; Mga Gawa 2:36)
      (3) pagsasatao (I Corinto 15:55)
      (4) ironya (Galacia 5:12)
      (5) mala-tulang sipi (Filipos 2:6-11)
      (6) paglalaro ng tunog sa pagitan ng mga salita
         (a) "iglesya"
            (i) "iglesya" (Efeso 3:21)
            (ii) "pagkakatawag" (Efeso 4:1,4)
            (iii) "tinawag" (Efeso 4:1,4)
         (b) "malaya"
            (i) "malayang babae" (Galacia 4:31)
            (ii) "kalayaan" (Galacia 5:1)
            (iii) "malaya" (Galacia 5:1)
   d. idyomatikong wika – ang wika na kadalasang kultural at espesipikong wika:
      (1) matalinghagang pagkakagamit ng "pagkain" (Juan 4:31-34)
      (2) matalinghagang pagkakagamit ng "Templo" (Juan 2:19; Mateo 26:61)
      (3) Hebreong kataga ng pakikiramay, "galit" (Gen. 29:31; Deut. 21:15; Lucas 14:36; Juan 12:25; Roma 9:13)
      (4) "Lahat" laban sa "marami' Ikumpara Isa. 53:6 ("lahat") sa 53:11 & 12 ("marami"). Ang mga salita ay kasingkahulugan ng sa Roma 5:18 at19 ipakita.
5. Ang pagkakagamit ng isang buong makaiwakng parirala sa halip ng isang salita. Halimbawa: "Ang Panginoong Hesukristo."
6. Ang ispesyal na pagkakagamit ng *autos*
   e. kapag may kasamang PANTUKOY (katangiang posisyon ito ay isinalin na "katulad."
   f. kapag walang kasama na PANTUKOY (Panaguring posisyon) ito ay isinalin bilang isang INTENSIVE PANARILING PANGHALIP—"kanyang sarili," "siya mismo," o "mismo."

E. Ang di-Griyegong pagbabasa ng Bibliya ng mag-aaral ay makakakilala ng mga pagdidiin sa ilang mga paraan:
   1. Ang paggamit ng isang analitikal na leksikon at interlinyar na Griyego/Ingles na teksto.
   2. Ang paghahambing ng mga Ingles na salin, partikular mula sa nagkakaibang mga teorya ng mga salin. Halimbawa: paghahambing sa "salita-sa-salita" na salin (KJV, NKJV, ASV, NASB, RSV, NRSV) na may kasamang isang "dinamikong katumbas" (Williams, NIV, NEB, REB, JB, NJB, TEV). Ang mabuting tulong dito ay ang *The Bible in Twenty-Six Translations* na inilathala ng Baker.
   3. Ang paggamit ng *The Emphasized Bible* ni Joseph Bryant Rotherham (Kregel, 1994).
   4. Ang paggamit ng isang napakaliteral na salin
      a. *The American Standard Version* of 1901
      b. *Young's Literal Translation of the Bible* ni Robert Young (Guardian Press, 1976).

Ang pag-aaral ng balarila ay isang matrabaho ngunit kinakailangan para sa isang nararapat na pagpapakahulugan. Ang maikiling pagpapaliwanag na ito, mga puna at mga halimbawa ay ninais na makapagbigay lakas ng loob at ihanda ang di-Griyegong mambabasa sa paggamit ng mga gramatikong mga puna na inilatag sa bolyum na ito. Tunay na ang mga paliwanag na ito ay lubhang pinagaan. Hindi dapat ito gamitin sa isang dogmatiko, di-nababalukotot na pamamaraan, ngunit bilang isang batong hahakbangan para sa mas higit na kaunawaan ng palaugnayan sa Bagong Tipan. Puno ng pag-asang ang mga paliwanag na ito ay makakapag enganyo sa mga mambabasa na maintindihan ang mga puna ng ilang mga tulong pag-aaral gaya ng mga teknikal na mga puna ng Bagong Tipan.

Dapat nating mapatunayan ang ating mga pagbibigay ng kahulugan batay sa mga kasangkapan ng mga kaalaman na matatagpuan sa mga teksto ng Bibliya. Ang balarila ay isa sa pinakanakakatulong sa mga kasangkapang ito; ang ilang mga kasangkapan ay makasaysayang tagpuan, kaugnay na kahulugan sa panitikan, pangkasalukuyang pagkakagamit ng salita, at mga katulad na mga talata.

# DAGDAG NA DAHON DALAWA
## TEKSTWAL NA PAGSUSURI

Ang paksang ito ay tatalakayin sa kaparaanang maipaliwanag ang mga punang tekstwal na matatagpuan sa komentaryong ito. Ang mga sumusunod na balangkas ang siyang gagamitin

I. Ang tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
   B. Bagong Tipan
II. Maikling pagpapaliwanag sa mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" na tinawag din na "tekstwal na pagsusuri."
III. Mga pinagmulang mungkahi para sa mas higit pang pagbabasa

I. Ang Tekstwal na pinagmulan ng ating Ingles na Bibliya
   A. Lumang Tipan
      1. Masoretic na talata (MT) – Ang Hebreong pangkatinig na talata ay inilatag ni Rabi Aquiba noong A.D. 100. Ang mga patinig na punto, mga pantig, mga punang marhinal, punktwasyon at mga puntong aparato ay nagsimulang idinagdag noong ikaanim na siglo A.D. at natapos noong ikasiyam na siglo A.D. Ito ay ginawa ng pamilya ng mga Hudyong iskolar na kilala bilang mga Masoretes. Ang anyong tekstwal na kanilang ginamit ay siyang kapareho sa Mishnah, Talmud, Targums, Peshitta, at Vulgata.
      2. Septuagint (LXX) – Sinasabi ng tradisyon na ang Septuagint ay nabuo ng 70 Hudyong iskolar sa loob ng 70 araw para sa silid aklatan ng Alexandria sa ilalim ng pangunguna ni Haring Ptolemy II (285-246 B.C.) Ang salin ay inaakalang hiniling ng isang pinunong Hudyo na naninirahan sa Alexandria. Ang tradisyong ito ay nagmula sa " Liham ni Aristeas." Ang LXX ay madalas nakabatay sa nagkakaibang mga Hebreong tekstwal na tradisyon mula sa mga talata ni Rabi Aquiba (MT).
      3. Dead Sea Scrolls (DSS) – Ang Dead Sea Scrolls ay naisulat noong panahon ng Roman (200 B.C. to A.D. 70) ng isang sekta ng mga Hudyong makakahiwalay na tinawag na "Essenes." Ang mga Hebreong kasulatan, na matatagpuan sa ilang mga lugar sa paligid ng Dead Sea, ay nagpapakita na ilang mga pagkakaiba sa pamilyang Hebreong tekstwal sa likod ng kapwa MT at LXX.
      4. Ilang mga partikular na mga halimbawa sa kung paano ang paghahahambing ng mga talatang ito ay nakatulong sa mga tagapagsalin na maunawaan ang Lumang Tipan
         a. Ang LXX ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang LXX ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang natigilan dahil sa <u>iyo</u>."
            (2) ang MT ng Isaias 52:14, "Kung paanong marami ang namangha sa <u>iyo</u>"
            (3) sa Isaias 52:15 ang pagkakaiba ng panghalip ng LXX ay napatunayan
               (a) LXX, "kaya maraming bansa ang hahanga sa kanya"
               (b) MT, "kaya babasbasan niya ang maraming bansa"
         b. Ang DSS ay nakatulong sa mga tagasalin at mga iskolar na maunawaan ang MT
            (1) ang DSS ng Isaias 21:8, "gayun nga ang tagamasid ay umiyak, sa moog na bantayan ako ay nakatayo. . ."
            (2) ang MT ng Isaias 21:8, "At siya'y umungal na parang leon: Oh Panginoon, ako'y tumatayong lagi sa moog na bantayan kung araw. . ."
         c. Parehong ang LXX at DSS ay nakatulong na malinawan ang Isaias 53:11
            (1) LXX & DSS, "pagkatapos ng paghihirap ng kanyang kaluluwa siy'y makakakita ng liwanag, siya ay masisiyahan"
            (2) MT, "Siya'y makakakita ng pagdaramdam ng kaniyang kaluluwa at masisiyahan"
   B. Bagong Tipan
      1. Higit sa 5,300 kasulatan ng lahat o mga bahagi ng Griyegong Bagong Tipan ay natitira pa. Mahigit 85 ay isinulat sa papyri at 268 na mga kasulatan at isinulat ang lahat sa malalaking titik (ansiyalo). Sa kalaunay, noong ikasiyam na siglo A.D. isang pinakalat na babasahin (minuscule) ang nabuo. Ang mga Griyegong mga kasulatan sa nakasulat na anyo ay may bilang na humigit 2,700 kopya. Mayroon rin din tayong mahigit sa 2100 na mga kopya ng tala ng talata ng Kasulatan na ginamit sa pagsamba na tinawag nating mga leksyonaryo.
      2. Mahigit sa 85 Griyegong kasulatan na naglalaman ng mga parte ng Bagong Tipan na isinulat sa mga Papayrus ay inilagay sa mga museo. Ang ilan ay may nagmula pa noong ikalawang siglo A.D. ngunit ang ang karamihan ay nagmula pa noong ikatlo at ikaapat na siglo. Wala sa mga MSS na ito ang naglalaman ng buong Bagong Tipan. Dahil sa ito ay pinakamatandang mga kopya Bagong Tipan hindi ito dagliang nangangahulugang sila ay may kakaunting kaibahan ng kopya. Marami sa mga ito ay mabilisang kinopya para sa lokal na paggamit. Ang pag-iingat ay hindi isinigawa sa proseso. Samakatuwid, sila ay nagtataglay ng maraming kaibahang kopya.
      3. Ang Codex Sinaiticus, na kilala sa pamamagitan ng Hebreong titik א (aleph) o (01), na natagpuan sa monasteryo

ng St. Catherine sa Mt. Sinai ni Tischendorf. Ito ay may petsa na mula pa noong ikaapat na siglo A.D. at nagtataglay ng kapwa LXX ng OT at Griyego ng NT. Ito ay isang "ang Alexandrian Teksto"na uri.

4. Ang Codex Alexandrinus, kilala bilang "A" o (02), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na natagpuan sa Alexandria, Ehipto.
5. Ang Codex Vaticanus, na kilala bilang "B" o (03), na natagpuan sa silid-aklatan ng Vatican sa Rome at may petsa na mula sa kalagitnaan ng ikaapat na siglo A.D. Ito ay naglalaman ng kapwa LXX ng Lumang Tipan at Griyegong Bagong Tipan. Ito ay sa "ang Alexandrian Teksto" na uri.
6. Ang Codex Ephraemi, na kilala bilang "C" o (04), isang ikalimang siglong Griyegong kasulatan na bahagyang nasira.
7. Ang Codex Bezae, na kilala bilang "D" o (05), isang ikalima o ikaanim na siglong Griyegong kasulatan. Ito ang pangunahing kinatawan na tinatawag na "Ang Kanluraning Teksto." Ito ay naglalaman ng maraming karagdagan at prinsipal na Griyegong saksi para sa King James na salin.
8. Ang NT MSS ay maaring maipangkat sa tatlo, maaaring apat, na mga pamilya na nagsasalo ng tiyak na mga katangian.
   a. Alexandrian na Teksto na mula sa Ehipto
      (1) $P^{75}$, $P^{66}$ (about A.D. 200), na nagtatala ng mga Ebanghelyo
      (2) $P^{46}$ (about A.D. 225), na nagtatala ng mga sulat ni Pablo
      (3) $P^{72}$ (about A.D. 225-250), na nagtatala ng Pedro at Hudas
      (4) Codex B, called Vaticanus (about A.D. 325), na sumasaklaw sa buong OT at NT
      (5) Si Origen ay nagsipi mula sa ganitong uring talata
      (6) ibang mga MSS na nagpapakita na ganitong uring talata ay ang mga א, C, L, W, 33
   b. Kanluraning na Teksto mula sa Hilagang Africa
      (1) sipi mula sa mga ama ng iglesya sa Hilagang Africa, Tertullian, Cyprian, at ang Lumang Latin na salin
      (2) sipi mula kay Irenaeus
      (3) mga sipi mula kay Tatian at ang Lumang Syriac na salin
      (4) Ang Codex D "Bezae" ay sumunod sa ganitong uring talata.
   c. Ang Silanganing Byzantine na talata mula sa Constantinople
      (1) ang talatang uring ito ay naipakita sa mahigit 80% ng 5,300 MSS
      (2) sinipi ni mga ama ng iglesya sa Antioch Syria, Cappadoceans, Chrysostom, at Therodoret
      (3) ang Codex A, sa mga Ebanghelyo lamang
      (4) ang Codex E (ikawalong siglo) para sa buong NT
   d. ang ikaapat na maaaring uri ay "Caesarean" mula sa Palestina
      (1) ito ay pangunahing makikita lamang sa Marcos
      (2) ilang mga saksi dito ay ang $P^{45}$ at W

II. Ang mga suliranin at mga teorya ng "mas mababang pagsusuri" or "Tekstwal na Krtisismo."
   A. Paano ang mga kaibahan ay lumitaw
      1. di-sinangguni o aksidental (malawak na kalamangan ng mga paglitawa
         a. kamalian ng mata sa kamay na pagkopya na nagbabasa ng dalawang pagkakataon ng dalwang magkaparehong mga salita at magkagayon ay nagtatanggal sa lahat ng mga salita sa pagitan (homoioteleuton)
            (1) kamalian ng mata sa pag-alis ng isang dalawahang titik o parirala (haplograpiya)
            (2) kamalian ng isip sa pag uulit ng isang parirala o linya ng isang Griyegong talata (dittograpiya)
         b. kamalian ng tainga sa pagkopya ng pasalitang pagdidikta na kung saan ang pagkakamali sa baybay ay lumitaw (itacism). Madalas ang pagkakamaling baybay ay nagpapahiwatig o nagbabaybay kaparehong tunog na Griyegong salita
         c. ang pinakasinaunang mga Griyegong talata ay walang mga kabanata o pagkakahiwalay ng mga talata, maliit o walang bantas at walang pagkahati-hati sa pagitan. pagkahati-hati sa pagitan ng mga salita maaaring hatiin ang mga titik sa ibat-ibang lugar na bumubuo ng magkaibang salita.
      2. intensyonal
         a. ang mga pagbabago ay ginawa upang malago ang gramatikal na anyo ng kinopyang talata
         b. ang mga pagbabago ay ginawa upang dalhin ang talata sa pagkakaayon sa ibang mga biblikal na mga talata (pagtutugma ng mga kahilera) changes were made by combining two or more variant readings into one long combined Teksto (conflation)
         c. ang mga pagbabago ay ginawa upang itama ang naisip na suliranin sa talata (cf. I Corinto 11:27 at I Juan 5:7-8)
         d. ilang mga karagdagang kaalaman patungkol sa makasaysayang tagpuan o nararapat na interpretasyon ng talata at inilagay sa gilid ng isang tagasulat ngunit inilagay ito sa talata ng ikalawang tagasulat (cf. Juan 5:4)

   B. Ang pinagsasaligang mga simulain ng tekstwal na pagsusuri (lohikal na panuntunan para sa pagpapasya ng orihinal

na pagbasa ng isang talata kapag mayroong mga kaibahan)

1. ang pinaka hindi akma o pinakahindi karaniwang gramitikong talata ang may probabilidad na orihinal
2. ang pinakamaikling talata ang may probabilidad na orihinal
3. ang mas nakakatandang talata ay binibigyan ng higit na bigat dahil sa makasaysayang kalapitan nito sa orihinal, kung ang lahat ng bagay ay pantay
4. Ang MSS na may heograpikal na pagkakaiba ay madalas ay may orihinal na pagbasa
5. ang may mahinang doktrinang mga talata, lalo na yaong may kinalaman sa pangunahing teolohikal na diskusyon ng panahon ng pagbabago ng kasulatan, gaya ng sa Trinidad sa I Juan 5:7-8, ay mas kinikilingan.
6. ang mga talata na maaring makapagpaliwanag ng pinakamahusay sa pinagmulan ng ibang mga kaibahan
7. dalawang sipi na makakatulong na maipakita ang balance sa nakakagambalang mga kaibahan
   a. J. Harold Greenlee aklat sa, *Introduction to New Testament Textual Criticism*, p. 68: "Walang doktrinang Kristyano ang nakabitin sa isang pinagtatalunang talata; at ang mag aaral ng NT ay dapat na pagbawalan sa pagnanasa na ang kanyang talata na maging mas higit na ortodoks o mas higit na malakas sa doktrina kaysa sa inspiradong orihinal."
   b. W. A. Criswell sinabihan si Greg Garrison ng *The Birmingham News* na siya (Criswell) hindi naniniwala na ang bawat salita sa Bibliya ay kinasihan, "hindi lahat ng bawat salita na naibigay sa modernong publiko sa pamamagitan ng mga siglo ng tagasalin." Criswell nagsabi: "Ako ay lubos na mananampalataya ng Tekstwal na pagsusuri. Gaya nyan, naisip ko, sa huling kalahati ng ikalabing anim na kabanata ng Marcos ay erehya: hindi ito kinasihan, ito lamang ay inibento. . .Kapag ikinumpara mo yaong mga kasulatan mula pa sa dati, walang ganoong bagay na gaya ng paglalagom ng Aklat ng Marcos. Isang tao ang nagdagdag nito..."

      Ang patriyarka ng SBC na naniniwala sa walang kamalian ay nagaangkin din ng " interpolasyon" ay kitang kita din sa Juan 5, ang salaysay ni Hesus sa tangke ng Bethesda. At tinalakay niya ang dalawang magkakaibang mga tala ng pagpapakamatay ni Hudas (cf. Mateo 27 at Mga Gawa 1): "Ito lamang ay dalawang magkaibang pananaw ng pagpapakamatay," sinabi ni Criswell. "Kung ito ay nasa Bibliya, mayroong kapaliwanagan para dito. Ang dalawang salaysay ng pagpapakamatay ni Hudas ay nasa Bibliyale." Idinagdag pa ni Criswell, "Ang Tekstwal na pagsusuri ay isang nakagigilalas na agham sa kanyang sarili. Hindi ito ephemeral, ito ay may kinalaman. Ito ay dinamiko at sentral…"

III. Mga suliraning pang-Kasulatan (Tekstwal na pagsusuri)

A. Mga suhestyong pinagkukunan para sa mas higit pang pagbabasa

1. *Biblical Criticism: Historical, Literary and Tekstoual*, ni R.H. Harrison

2. *The Text of the New Testament: Its Transmission, Corruption and Restoration* ni Bruce M. Metzger

3. *Introduction to New Testament Textual Criticism*, ni J. H Greenlee

# DAGDAG NA DAHON TATLO

## TALAHULUNGANAN

**Adoptionism (Adopsyonismo)**. Ito ang isa sa mga maagang pananaw ukol sa kaugnayan ni Hesus sa pagka-Diyos. Iginiit nito na si Hesus ay isa lamang na pangkaraniwang tao sa lahat ng bagay at inampon lamang siya ng Diyos Ama ng siya's bininyagan (cf. Mateo 3:17; Marcos 1:11) o nang Siya ay nabuhay muli (cf. Roma 1:4). Dahil naging kapuri-puri ang buhay ni Hesus, inampon siya ng Diyos Ama bilang "anak" Niya (cf. Roma 1:4; Filipos 2:9) sa isang bahagi ng kanyang buhay (bautismo, pagkabuhay muli). Ito ay menoryang pananaw ng isang batang simbahan at noong ika-walong siglo. Imbis na ang Diyos ang naging tao (ang Pagkakatawang-tao), binaligtad ito at ngayon ang tao ay naging Diyos! Napakahirap sabihin kung papaano si Hesus, na Diyos Anak, na bathala na bago pa man ipinanganak, ay ginantimpalaan o pinuring mabuti ng Diyos Ama dahil sa kanyang ulirang pamumuhay. Kung Siya ay Diyos na, papaano pa Siya gagantimpalaan? Kung Siya ay banal na bago pa man ipinanganak, paano pa daragdagan ang karangalan Niya? Kahit na mahirap natin maintindihan, kahit papaano ay pinarangalan ng Diyos Ama si Hesus sa isang di-pangkaraniwang paraan dahil sa Kanyang ganap na pagpapatupad ng kagustuhan ng Diyos Ama.

**Alexandrian School (Paaralang Alexandriano)**. Ang paraan na ito ng pagpapaliwanag ng Bibliya ay umusbong at lumaki sa Alejandria, sa Egipto, sa ikalawang siglo A.D. Ginamit nito ang mga saligang alituntunin sa pagpapaliwanag ni Philo, na isang tagasunod ni Plato. Ito ay madalasang tinatawag na paraang pang-talinghaga o pang-alegorya (allegorical method). Namuno ang paraan na ito sa simbahan hanggang sa panahon ng Pagbabago o Repormasyon. Ang mga pinaka-may-kakayahang tagapagsulong nito ay sina Origen at Agustino. Tignan ang ginawa ni Moises Silva, "*Has The Church Misread The Bible?*" (Academic, 1987)

**Alexandrinus (Alexandrino)**. Ang manuskrito na Griyego na ito na mula sa ika-limang siglo at nagmula sa Alejandria, sa Egipto, ay naglalaman ng Matandang Tipan, Apokripa, at halos lahat ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa ating mga pangunahing saksi sa buong Bagong Tipan na nasa wikang Griyego (maliban sa ilang bahagi ng Mateo, Juan, at 2 Mga Taga-Corinto). Kapag ang manuskritong ito, na pinangalanan bilang "A", at ang manuskritong pinangalanan bilang "B" (Vaticanus) ay nagkasundo sa isang pagbasa, ito ay itinuturing na isang orihinal ng karamihan ng mga iskolar sa halos lahat ng pagkakataon.

**Allegory (Alegorya o Talinghaga)**. Ito ay isang uri ng pagpapaliwanag ng Bibliya na nagsimula sa Hudaismo ng Alejandria. Ito'y pinatanyag ni Philo ng Alejandria. Ang saligang tulak nito ay ang pagnanais na gawing makabuluhan ang Banal na Kasulatan sa sariling kultura o sistema ng pilosopiya sa pamamagitan ng pag-wawalang-bahala sa kasaysayang kinalalagyan ng Bibliya at/o pati ang pampanitikang kahulugan nito. Laging hinahanapan nito ng nakatago o espiritwal na kahulugan ang bawat teksto sa Banal na Kasulatan. Kailangang aminin na si Hesus, sa Mateo 13, at si Pablo, sa 4 Mga Taga-Galacia, ay minsanang gumagamit ng alegorya o talinghaga upang magpahiwatig ng katotohanan. Kaya lang, ito ay nasa anyo ng typology, hindi limitado sa alegoría.

**Analytical lexicon (Analytical Lexicon)**. Ito'y isang uri ng kagamitang pananaliksik na tinutulungan sinuman na kilalanin ang bawat Griyegong anyo sa Bagong Tipan. Ito'y isang talaan ng mga anyo at saligang kahulugan na naka-ayos ayon sa baybayin na Griyego. Kapag sinamahan ng isang pagsasalin na interlinear (interlinear translation), pinapahintulutan ang mga nananampalatayang hindi nakapag-babasa ng Griyego na suriin ang mga anyong balarila at syntaktika na Griyego sa loob ng Bagong Tipan.

**Analogy of Scripture (Pagkatulad ng Banal na Kasulatan)**. Ito ang parirala na ginagamit upang isalarawan ang paningin na ang buong Bibliya ay inspirasyon ng Diyos at, samakatwid, ay hindi salungat nguni't bumubuo pa. Ang mapagpalagay na panindigan na ito ang batayan para sa paggamit ng magkatulad na mga sipi sa pagpapaliwanag ng teksto sa Bibliya.

**Ambiguity (Walang Katiyakan)**. Tumutukoy sa pagka-walang katiyakan na nanggagaling mula sa isang kasulatan na maaaring may dalawa o higit pa sa dalawang kahulugan o bagay na tinutukoy ng sabay. Maaaring si Juan ay gumagamit ng walang katiyakan (double entendres).

**Anthropomorphic (Antropomorpiko)**. Nangangahulugan na "mayroong mga katangian na may kinalaman sa mga tao." Ang katawagang ito ay ginagamit na panglarawan sa ating wikang pang-relihiyon ukol sa Diyos. Ito ay nanggaling sa katawagang Griyego para sa "sangkatauhan." Ang ibig sabihin nito ay nagsasalita tayo tungkol sa Diyos na para Siyang tao. Ang Diyos ay isinasalarawan sa pamamagitan ng mga katawagang may kinalaman sa pisikal, sosyolohikal, at sikolohikal na aspeto ng pagkatao (cf. Genesis 3:8; 1 Hari 22:19-23). Subalit ito ay pagkatulad (analogy) lamang. Gayon pa man, wala tayong mga ibang kategorya o katawagan na magagamit kung hindi iyong sa pang-tao. Samakatwid, ang ating kaalaman sa Diyos ay totoo, nguni't limitado.

**Antiochian School (Paaralan sa Antioch)**. Isang paraan ng pagpapaliwanag ng Bibliya na umusbong at lumaki sa Antioch, sa Syria, ng ika-tatlong siglo A.D. bilang sagot sa pamamaraang talinghaga (allegorical method) ng Alejandria, sa Egipto. Ang saligang tulak nito ay ang pag-pokus sa makasaysayang kahulugan ng Bibliya. Ipinapaliwanag nito ang Bibliya bilang isang normal at gawang-tao na panitikan. Ang paaralan na ito ay nasama sa alitan sa pagitan ng dalawang paningin kay Kristo: kung Siya ba ay may dalawang pagkatao (Nestorianismo) o isa lamang (buong Diyos at buong tao). Tinawag ito na hidwang paniniwala ng Iglesiyang Katoliko Romano at lumipat sa Persia, nguni't ang paaralan na ito ay naging maliit lamang ang halaga. Ang saligang panuntunang hermenyutika na nito ay naging mga panuntunan sa pagpapaliwanag ng mga Classical Protestant Reformer (Luther at Calvin).

**Antithetical (Antithetical)**. Ito ang isa sa tatlong mapanlarawang katawagan na ginagamit upang ipakilala ang kaugnayan sa pagitan ng mga linya ng tulang Hebreo. May kinalaman ito sa mga linya ng tula na magkatumbalik ang ibig sabihin (cf. Kawikaan 10:1, 15:1). Panitikang Apokaliptiko. Nananaig ito, at maaari ngang bukod-tangi ito, sa genre ng mga Hudyo. Ito ay isang uri ng panunulat na may nakatagong kahulugan na ginagamit sa mga panahon ng pagsalakay at pananakop sa mga Hudyo ng mga banyagang makapangyarihan. Ipinapalagay nito na isang pansarili at mapagligtas na Diyos ang gumawa at namamahala sa mga pandaigdigang pangyayari, at ang Israel ay may bukod-tanging halaga sa Kanya. Ipinapangako ng panitikang ito ang tagumpay dahil sa tanging tulong ng Diyos. Ito ay mapagsagisag at mapag-likhang-isip na maraming gamit na katawagan na may mga nakatagong kahulugan. Madalas nitong ipinapahiwatig ang katotohanan sa pamamagitan ng mga kulay, bilang, pangitain, panaginip, tulong ng mga anghel, mga lihim at naka-kodigong mga salita, at madalas na matalim na dualismo sa pagitan ng kabutihan at kasamaan. Ang ilan sa mga uri o genre nito ay (1) sa Matandang Tipan, Ezekiel (mga kabanata 36-48), Daniel (mga kabanata 7-12), Zacarias; at (2) sa Bagong Tipan, Mateo 24; Marcos13, II Thesalonica 2 at Pahayag.

**Apologist (Apologetics)**. Galing ito sa salitang-ugat na Griyego para sa "pananggol na legal" ("legal defense"). Ito ay isang tiyak na disiplina sa loob ng teolohiya na naghahangad magbigay ng katibayan at mga makatwirang paliwanag para sa Kristyanong pananampalataya.

***A priori (A priori)***. Kasingkahulugan nito ang katawagang "pagpapalagay" o "palagay." Kinakabilangan ito ng pangangatwiran mula sa mga dating tinatanggap na kahulugan, alituntunin o panindigan na inakalang totoo. Ito ang mga bagay na tinanggap na wala man lamang pagsisiyasat o pagsusuri.

**Arianism (Aryanismo)**. Si Arius ay isang pari sa simbahan sa Alejandria, sa Egipto, na nabuhay mula sa ika-tatlo hanggang sa maagang bahagi ng ika-apat na siglo. Iginiit niyang si Hesus ay dati nang buhay bago pa man ipanganak, nguni't hindi siya banal (hindi kasingtulad ng diwa ng Diyos Ama), marahil bilang pagsunod sa Mga Kawikaan 8:22-31. Hinamon siya ng obispo ng Alejandria, na nagsimula (A.D. 318) ng isang alitan na nagtagal ng maraming taon. Ang Arianismo ang naging opisyal na pananampalataya ng Silangang Simbahan (Eastern Church). Tinuligsa ng Sanggunian ng Nicaea (Council of Nicaea) si Arius noong A.D. 325 at pinanindigan ang buong pagkakapantay at kabanalan ng Anak.

**Aristotle (Aristotle)**. Isa siya sa mga pilosopo ng Grecia noong unang panahon, isang mag-aaral ni Plato at guro ni Alexander the Great. Ang kanyang impluho , kahit na ngayon, ay nakakaabot sa lahat ng sulok ng mga makabagong pag-aaral. Ito ay dahilan sa kanyang pagbibigay-diin sa pagkakaroon ng karunungan sa pamamagitan ng pagmamasid at pagbubukod-bukod. Ito ang isa sa mga aral ng siyentipikong paraan.

**Autographs (mga Autograp)**. Ito ang pangalan na binigay sa mga orihinal na kasulatan ng Bibliya. Nawala na ang lahat ng mga orihinal at sulat-kamay na manuskrito. Ang natira na lamang ay mga kopya. Ito ang pinagmulan ng marami sa mga pagkakaibang kasulatan ng mga manuskrito na Hebreo at Griyego at ng mga lumang salin.

**Bezae (Bezae)**. Ito ang Griyego at Latin na manuskrito ng ika-anim na siglo A.D. Pinangalanan ito bilang "D." Nilalaman nito ang mga Ebanghelyo at ilan sa mga Pangkalahatang Sulat. Nakikilala ito sa dami ng mga idinagdag na sulat. Binubuo nito ang batayan para sa "Textus Receptus," ang pangunahing manuskrito na Griego na nasa likod ng King James Versión.

**Bias (Pagkiling)**. Ito ang katawagan na ginagamit upang isalarawan ang malakas na hantad tungo sa isang bagay o pananaw. Ito ang paningin na kung saan ang kawalang-pagkiling sa isang bagay o pananaw ay imposibleng gawin. Ito ay isang panindigan na di-matwid.

**Biblical Authority (Kapamahalaan ng Bibliya)**. Ang katawagang ito ay ginagamit sa isang natatanging pagpapakahulugan. Ipinapaliwanag ito bilang pagkakaintindi sa sinabi ng orihinal na manunulat sa kanyang panahon at ang paggamit ng katotohanang ito sa ating panahon. Ang Autoridad ng Bibliya ay kadalasang pinapaliwanag bilang pagtingin sa Bibliya bilang ating isa at natatanging gabay na dapat paniwalaan. Gayon pa man, dahil sa naglabasang mga hindi tamang paliwanag ngayon, nilimatahan ko ang kuro-kuro o konsepto sa Bibliya sa paliwanag gamit ang mga aral ng paraang pang-kasaysayan at pang-gramatika (historical-grammatical method).

**Canon (Kanon)**. Ito ay isang katawagang ginagamit upang isalarawan ang mga kasulatan na pinaniniwalaang bukod-tanging binigyan-sigla. Ito ang ginagamit kapag tumutukoy sa mga Banal na Kasulatan mula sa mga Matanda at Bagong Tipan.

**Christocentric (Christocentric)**. Ito ay isang katawagan na ginagamit upang ilarawan ang kahalagahan ni Hesus. May kinalaman ang paggamit ko nito sa konsepto na si Hesus ang Diyos ng buong Bibliya. Siya ang tinuturo ng Matandang Tipan at Siya ang katuparan at layunin nito (cf. Mateo 5:17-48).

**Commentary (Komentaryo)**. Ito ay isang madalubhasang uri ng aklat ng pananaliksik. Binibigay nito ang pangkalahatang kaalaman na nasa likod ng isang aklat ng Bibliya. Pagkatapos, ipinapaliwanag ang kahulugan ng bawat seksyon ng aklat. Ang iba ay naka-pokus sa paggamit, habang ang iba ay mas teknikal ang paraan ng pakikitungo sa mga teksto. Ang mga aklat na ito ay nakakatulong, ngunit dapat gamitin lamang matapos mong gumawa ng iyong panimulang pag-aaral. Ang mga pagpapaliwanag ng komentarista ay hindi dapat tanggapin ng walang panunuri. Ang paghahambing ng ilang mga paliwanag/komentaryo mula sa mga iba-ibang teolohikang paningin ay kadalasang nakakatulong.

**Concordance (Concordance)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik para sa pag-aaral ng Bibliya. Itinala nito ang bawat paglitaw ng bawat salita sa mga Matanda at Bagong Tipan. Ito ay nakakatulong sa ilang paran: (1) pag-alam ng salitang Hebreo o Griyego na nasa ilalim ng kahit na anong tanging salita sa Ingles; (2) paghahambing ng mga sipi na kung saan ang parehong salita sa Hebreo o Griyego ay ginamit; (3) ipinapakita kung saan ang dalawang magkaibang katawagang Hebreo o Griyego ay isinalin sa parehong salitang Ingles; (4) pinapakita kung gaano kadalas ginamit ang ilang mga salita sa ilang mga aklat o ng ilang mga manunulat; (5) tinutulungan kang hanapin ang isang sipi sa Bibliya (cf. Walter Clark's *How to Use New Testament Griyego Study Aids*, p. 54-55).

**Dead Sea Scrolls (Mga Balumbon ng Papel mula sa Patay na Dagat).** Tumutukoy ito sa isang serye ng mga lumang-lumang kasulatan sa Hebreo at Arameo na natagpuan malapit sa Patay na Dagat noong 1947. Sila ang mga aklatang pang-relihiyon ng isang sekta ng Hudaismo sa unang siglo. Dahil sa bigat ng pananakop ng Roma at mga digmaan ng mga zelotes noong mga 60 A.D., itinago nila ang mga balumbon ng papel sa loob ng mga bangang tinakpang mabuti at ipinasok ang mga banga sa mga kuweba o butas. Natulungan nila tayong intindihin ang makasaysayang kapaligiran ng Palestina noong unang siglo at pinatunayan na walang-kamali-mali ang Masoretic Talata, hanggang sa maagang B.C. kapanahunan man lamang. Sila ay pinangalanan sa daglat na "DSS."

**Deductive (Pangangatuwiran)**. Ang paraang ito ng lohika ay kumikilos, sa pamamagitan ng katwiran, mula sa mga pangkalahatang alituntunin patungo sa mga tiyak na paggamit. Ito ang salungat ng *inductive reasoning*, na nilalarawan naman ang siyentipikong paraan, mula sa mga napagmasdan na bagay patungo sa mga kalahatang palagay o teyorya.

**Dialectical (Dialektiko)**. Ito'y isang paraan ng pangangatwiran na kung saan ang magkasalungat o kabalintunaan ay magkaigting na hinawakan, habang naghahanap ng isang sagot na kinabibilangan ng dalawang bahagi ng kabalintunaan. Maraming doktrina sa Bibliya ang may mga diyalektikong pares: kapalaran--malayang kalooban; kaligtasan—pagtitiyaga; pananampalataya—mga gawain; pasya—pagka-disipulo; kalayaang Kristyano—pananagutang Kristyano.

**Diaspora (Diaspora)**. Ito ang teknikal na katawagang Griyego na ginamit ng mga Hudyo sa Palestina upang ilarawan ang mga ibang Hudyo na nakatira at namumuhay sa labas ng heograpiyang handangan ng Ipinangakong Lupain.

**Dynamic equivalent (Dinamikong Pagtutumbas)**. Ito ay pangalan ng isang teoriya sa pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tignan bilang isang "continuum" mula sa "salita sa salita" na pagkakaayon, na kung saan may ipinapalit na salitang Ingles sa bawat salitang Hebreo o Griyego, hanggang sa "pakahulugan sa ibang pangungusap" ("paraphrase") na kung saan ang kahulugan o ideya lamang ang isinalin na kaunti lang ang saalang-alang sa orihinal na pananalita o parirala. Sa pagitan ng dalawang teoriyang ito ay ang "dynamic equivalent" na sumusubok na mataimtim na turingin ang orihinal na teksto, nguni't nakasalin sa mga makabagong gramatikong anyo at idioma. Ang isang magandang pagtalakay na ginawa sa mga iba't-ibang teoriya ng pagsasalin ay matatagpuan sa mga gawa nina Fee at Stuart na pinamagatang, "How To Read the Bible For All It's Worth," sa p. 35, at gawa ni Robert Bratcher na pinamagatang "*Introduction to the TEV*."

**Eclectic (Eklektiko)**. Ang katawagang ito ay ginagamit kapag may kaugnayan sa pagpuna sa teksto. Tumutukoy ito sa pagsasanay ng pagpipili ng mga pagbasa mula sa iba't-ibang manuskritong Griyego upang makarating sa isang teksto na ipinapalagay na malapit sa orihinal na autograph. Di nito tinatanggap ang paningin na mayroong iisang pamilya ng mga manuskritong Griyego na nakuha ang mga orihinal.

**Eisegesis (Eisegesis)**. Ito ang salungat ng "exegesis." Kung ang "exegesis" ay ang "tulungang palabasin" ang layunin ng orihinal na manunulat, ang ipinapahiwatig naman ng katawagang ito ay ang "pagtulong paloob" ng isang banyagang ideya o pananaw.

**Etymology (Etimolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pag-aaral ng salita na sinusubukang matiyak ang orihinal na kahulugan ng isang salita. Mula sa kahulugang ugat na ito, ang mga magpakatanging gamit nila ay madaling kilalanin. Sa pagpapaliwanag, hindi etimolohiya ang pokus, kung hindi ang kasalukuyang kahulugan at gamit ng isang salita.

**Exegesis (Exegesis)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa pagsasanay ng pagpapaliwanag ng isang particular na sipi. Ang ibig

sabihin nito ay “tulungang palabasin” (mula sa teksto), nagpapahiwatig na ang ating layon ay intindihin ang layunin ng orihinal na manunulat na isinaalang-alang ang makasaysayang kapaligiran, kontekstong literary, palaugnayan, at kahulugan ng salita nang panahong iyon.

**Genre (Genre)**. Ito ay isang katawagang Pranses na nagpapakilala ng ilang uri ng panitikan. Ang layunin ng katawagang ito ay ang paghahati ng mga anyo ng panitikan sa mga kategorya na may mga parehong katangian: makasaysayang pagsasalaysay, tula, kawikaan, apokaliptiko, at pagbakautusan.

**Gnosticism (Nostisismo)**. Karamihan ng ating kaalaman sa hidwang paniniwalang ito ay nanggaling sa mga kasulatang gnostiko ng ikalawang siglo. Gayon pa man, ang mga nagsisimula pa lang na mga ideya ay nandoon na sa unang siglo (at maging bago pa doon). Ang ilang sa mga aralang inihatag ng mga Valentian at Cerithian Gnosticism ng ikalawang siglo ay: (1) ang bagay at espirito ay parehong walang-hanggan (isang dualismo na ontolohikal). Ang bagay ay masama, ang epsirito ay mabuti. Ang Diyos, bilang espirito, ay hindi dapat nag-huhulma ng masamang bagay; (2) may mga emanasyon (mga napakatagal na panahon o antas ng pagka-anghel) sa pagitan ng Diyo at bagay. Ang huli o ang pinakamababa ay si YHWH ng Matandang Tipan na gumawa sa sansinukob (kosmos); (3) si Hesus ay isang emanasyon tulad ni YHWH ngunit nasa mas mataas na antas, mas malapit sa tunay na Diyos. Ang iba ay nilagay Siya sa pinaka-itaas, nguni’t mas mababa sa Diyos at tiyak na hindi Diyos na nagkatawang tao (cf. Juan 1:14). Kung ang bagay ay masama, hindi maaaring nagkaroon ng katawang tao si Hesus at nanatiling Banal. Siya ay espiritwal na multo (cf. 1 Juan 1:1-3; 4:1-6); at (4) ang pagkakaligtas ay nakamit sa pamamagitan ng pananampalataya kay Hesus na may kasamang Natatanging kaalaman, na maaaring malaman lamang ng mga Natatanging tao. Ang kaalaman (mga hudyat) ay kailangan upang makadaan sa mga kalagayang pang-langit. Ang kautusan ng Hudyo ay kailangan din upang maabot ang Diyos. Ang mga mapandayang guro ng Gnostika ay may minungkahing dalawang magkasalungat na sistemang etikal: (1) para sa iba, ang pamumuhay ay walang kinalaman sa pagkaligtas. Para sa kanila, ang pagkaligtas at espiritwal ay ipinaloob sa mga lihim na kaalaman (mga hudyat) sa pamamagitan ng mga kalagayang pang-anghel (mga eon); o (2) para sa iba, ang pamumuhay ay mahalaga sa pagkaligtas. Binigyan-diin nila na ang pamumuhay asetiko o mapagpakasakit ay katibayan ng totoong pagka-espiritwal.

**Hermeneutics (Hermenyotiko)**. Ito ang teknikal na katawagan para sa mga alituntunin na gumagabay sa exegesis. Ang hermeneutic na pang-Bibliya, o banal, ay kadalasang nahahati sa dalawang kategorya: mga kalahatang alituntunin at mga Natatanging alituntunin. Ang mga ito ay may kinalaman sa iba’t-ibang uri ng panitikan na natatagpuan sa Bibliya. Ang bawat uri (genre) ay may sarili at bukod-tanging mga gabay, nguni’t may binabahaginan silang mga pangkaraniwang palagay at mga paraan ng pagpapaliwanag. Mataas na uri ng Pagpuna. Ito ang paraan ng pagpapaliwanag na pang-biblia na naka-pokus sa makasaysayang kapaligiran at literary structure ng isang particular na uri ng aklat pang-biblia.

**Idiom (Kataga o Idyoma)**. Ito ang salitang ginagamit para sa mga parirala na natatagpuan sa iba’t-ibang cultura na may mga Natatanging kahulugan na walang kinalaman s asa kadalasang kahulugan ng mga individual na katwagan. Ang ilan sa mga modernong halimbawa: “katakot-takot ang ganda noon” o “alam mo, papatayin mo ako sa (ginagawa).” Mayroon ping ganitong uri ng mga parirala ang Bibliya.

**Illumination (Pagbibigay tanglaw o Iluminasyon)**. Ito ang pangalang binigay sa konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan’ at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Inductive (Pangangatwirang Pasaklaw)**. Ito ay isang paraan ng lohika o pangangatwiran na nagsisimula muna sa mga partikular o maliliit na bagay papunta sa kabuoan. Ito ang paraang empirical ng bagong siyensya. Ito ang pamamaraan na ginamit ni Aristotle.

**Interlinear (Interlinear)**. Ito ay isang uri ng kagamitang pananaliksik na tumutulong sa mga taong hindi makabasa ng salitang pang-biblia na masuri ang kahulugan at balangkas nito.Kaagad na nilalagay ang Ingles na salin sa antas na salita sa salita sa ilalim ng orihinal na wikang biblia. Itong kagamitan na ito, kapag isinama sa “analytical lexicon,” ang magbibigay ng mga anyo at saligang kahulugan sa Hebreo at Griyego.

**Inspiration (Kinasihan o Inspirasyon)**. Ito ang konsepto na ang Diyos ay nakipag-usap sa sangkatauhan sa pamamagitan ng pag-gabay sa mg manunulat ng biblia na isulat ng walang-kamalian ang Kanyang pahayag o kapahayagan. Ang kabuoang konsepto ay kadalasang inihahayag ng tatlong katawagan: (1) pahayag o kapahayagan—ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) nagbigay-sigla o inspirasyon—Siya ay nagbigay ng tamang paliwanag sa Kanyang mga kilos at sa kanilang kahulugan sa ilang piniling lalaki upang sulatin para sa sangkatauhan’ at (3) tanglaw o liwanag—binigay niya ang Kanyang Kaluluwa upang tulungan ang sangkatauhan na mintindihan ang Kanyang sariling pagbubunyag o paghahayag.

**Language of Description (Wika ng Paglalarawan)**. Ito ay ginagamit sa koneksiyon ng mga wika kung saan ang Lumang Tipan ay nakasulat. Binabanggit nito an gating mundo sa mga salitang humaharap sa limang sentido. Ito ay hindi isang siyentipikong deskripsiyon at hindi rin itinakdang maging ganoon.

**Legalism (Legalismo)**. Ang kilos na ito ay maiuuri sa sobrang pagdiin ng mga patakaran o ritwal. Ito ay karaniwang umaasa sa gawa ng mga tao at sa mga regulasyon bilang pagtanggap ng Diyos. Karaniwang nitong naibababa ang Kaugnayan at itinataas ang paggawa na parehong mahahalagang aspeto sa Kaugnayang kasunduan sa pagitan ng banal na Diyos at makasalanang sangkatauhan.

**Literal (Literal)**. Ito ay isang pangalan para sa pamamaraan ng hermeneutics mula sa Antioch na *Textually-focused* at makasaysayan. Ang ibig sabihin nito ay ang interpretasyon ay may kasamang normal at litaw na kahulugan ng wika ng tao, kahit na kinikilala pa rin nito ang pagkakaroon ng wikang matalinghaga.

**Literary Genre (Pampanitikang Genre)**. Tinutukoy nito ang mga bukod-tanging anyo ng maaaring magawa ng komunikasyong pantao, gaya ng mga tula o makasaysayang pagkukuwento. Ang bawat klase ng panitikan ay mayroong sariling Natatanging pamamaraang hermeneutical, kasama sa mga karaniwang prinsipyo para sa lahat ng nakasulat nga literatura.

**Literary Unit (Pampanitikang Yunit)**. Ito ay tumutukoy sa mga pangunahing bahagi ng pag-iisip ng isang aklatng biblikal. Maaari itong maglaman ng kaunting mga berso, mga talata o mga kabanata. Ito ay isang bahaging luluan ang sarili na may isang pangunahing paksa.

**Lower Criticism (Mababang Kritisismo)**. Tingnan ang Kritisismong Tekstwal.

**Manuscript (Manuskrito o Kasulatan)**. Ang salitang ito ay tumutukoy sa iba't ibang mga kopya ng Griyegong Bagong Tipan. Ito ay karaniwang nahahati sa iba't ibang mga uri sa pamamagitan ng (1) materyales kung saan sila nakasulat (papyrus, balat), o (2) ang mismong uri ng sulatin (lahat ay malalaking letra o *running script*). Ito ay naka-daglat ng "MS" (iisa) o "MSS" (higit sa isa).

**Masoretic Text (Masoretic Text)**. Ito ay tumutukoy sa mga Hebreong kasulatan ng Lumang Tipan na gawa ng mga Hudyong iskolar na naglalaman ng mga puntong katinig at iba pang talang tekstwal noong ika-siyam na siglo AD. Binubuo nito ang "basic" na teksto ng ating Ingles na Lumang Tipan. Ang teksto nito ay makasaysayang naikumpirma ng Hebreong MSS, lalo na si Isaiah, mula sa mga *Dead Sea scrolls*. Ito ay naka-*daglat* bilang "MT".

**Metonymy (Metonimi)**. Ito ay isang matalinhagang pagsasalita kung saan ang pangalan ng isang bagay ay ginagamit upang mailarawan ang isa pang bagay na may kinalaman dito. Halimbawa, ang ibig sabihin ng "Ang takuri ay kumukulo" ay "Ang tubig sa loob ng takuri ay kumukulo."

**Muratorian Fragments (Muratorian Fragments)**. Ito ay listahan ng mga aklatng kanonikal ng Bagong Tipan. Ito ay naisulat sa Roma bago ang 200 AD. Pareho nitong naibibigay sa ang dalawampu't pitong mga aklat gaya ng Protestant NT. Malinaw nitong naipapakita na ang mga local na simbahan sa iba't ibang bahagi ng Kahariang Romano ay ang talagang naglapat ng kanon sa harap ng mga pangunahing lupon ng simbahan noong ika-apat na siglo.

**Natural Revelation (Kapahayagan sa Kalikasan)**. Ito ay isang kategoryal ng sariling pagsabi ng Diyos sa tao. Kasama nito ang natural na kaayusan (Roma 1:19-20) at ang kamalayang moral (Roma 2:14-15). Ito ay nababanggit sa Awit 19:1-6 at Roma 1-2. ito ay natatangi mula sa Natatanging kapahayagan na tiyak at supremong sariling pagsabi ng Diyos sa Bibliya sa Hesus ng Nazareth. Ang kategoryang theolohikal na ito ay muling idinidiin ng kilos lumang mundo sa mga Kristiyanong siyentipiko. (Halimbawa ang mga sulatin ni Hugh Ross). Ginagamit nila ang kategoryang ito upang masabing lahat ng katotohanan ya katotohanan ng Diyos. Ang kalikasan ay isang bukas na pinto papunta sa karunungan ukol sa Diyos; ito ay naiiba sa Natatanging kapahayagan (ang Bibliya). Pinapayagan nito ang modernong agham ang kalayaang manaliksik ukol sa likas na kaayusan. Sa aking palagay, ito ay isang mabuti at magandang opurtunidad para masaksihan ang moderno at siyentipikong kanlurang mundo.

**Nestorianism (Nestoryanismo)**. Si Nestorius ay ang patriyarko ni Constantinople sa ika-limang siglo. Siya ay sinanay sa Antioch ng Syria at nagsabing si Hesus ay may dalawang pag-uuri, isang ganap na tao at isang ganap na dakila. Ang pananaw na ito ay lumayo sa karaniwang isang uring pananaw ng Alexandria. Ang pangunahing intindi ni Nestorius ay ang titulong "Ina ng Diyos", na bigay kay Maria. Si Nestorius ay nilabanan ni Cyril ng Alexandria at ng implikasyong kanyang pagsasanay sa Antiodrian. Ang Antioch ay ang punong lugar ng apat na bahagi (alegorya) paaaralan ng interpretasyon. Sa huli, si Nestorius tinanggal sa opisina at itinapon.

**Original Author (Orihinal na May-akda)**. Ito ay tumutukoy sa mga tunay na may-akda o manunulat ng iskriptura.

**Papyri (mga Papirus)**. Ito ay isang klaseng pangsulat na materyal mula sa Ehipto. Ito ay gawa sa mga tambo mula sa ilog. Ito ay ang kung saan nakasulat ang mga pinakalumang kopya ng Griyegong Bagong Tipan.

**Parallel Passages (Katulad na Talata)**. Ang mga ito ay kabilang sa konsepto na ang buong Bibliya ay bigay ng Diyos kaya ito ang pinakamabuting interpreter at taga-balanse ng mga katotohanang *paradoxical*. Ito rin ay nakakatulong kapag may isang

nagtatangkang intindihin ang isang hindi malinaw na sipi. Tumutulong din silang hanapin ang pinkamalinaw na sipi sa isang nakatakdang paksa, pati na rin ang ibang mga aspetong iskriptural ng isang nakatakdang paksa.

**Paraphrase (Pakahulugan Sa Ibang Pangungusap)**. Ito ay isang pangalan ng teorya ng pagsalin ng Bibliya. Ang pagsalin ng Bibliya ay maaaring tanawin bilang isang pakikipag-ugnayan ng patuloy na salita-sa-bawat-salita, na kung saan ang isang salitang Ingles ay kailangang matustusan para sa bawat salitang Hebreo o Griyego; sa isang parapreys kung saan tanging ang kaisipan ay isinasalin na may kaunting pagpuna sa orihinal na mga salita o parirala. orihinal na teksto ngunit isinasalin ito sa modernong anyong bararila at wika. Ang isang magandang diskusyon ng mga teoryang ito ay matatagpuan sa Fee and Stuart's *How to Read the Bible For All Its Worth* (p. 35).

**Paragraph (Talata o Talataan)**. Ito ay ang payak na bahagi ng lietraryong pagpapakahulugan sa pasulat. Naglalaman ito ng isang pangunahing kaisipan at ang pag-unlad nito. Kapag nanatili tayo sa kanyang pangunahing duldol, hindi natin pangungunahan ang mga wala pa sa tamang edad o palampasin ang kahulugan ng orihinal na may-akda.

**Parochialism (Parokyalismo)**. Ito ay tumutukoy sa mga pagkiling na nakakabit sa isang lokal o teyolohikal na tagpo. Hindi nito nakikilala ang anyong paglilipat pangkultura ng katotohanang biblikal o ng aplikasyon nito.

**Paradox (Kabalintunaan)**. Ito ay tumutukoy sa mga katotohanang mukhang hindi nagkakasundo ngunit parehong totoo kahi na may pag-iigting sa pagitan nila. Binabalangkas nito mula sa magkaibang mga panig. Karamihan ng katotohanang biblikal ay inilalahad nang dalawahan. Ang mga katotohanang biblikal ay hindi mga nag-iisang bituin kundi mga grup ng mga bituin na binubuo ng mga modelo ng mga tala.

**Plato (Plato)**. Siya ay isa sa mga pilosopo ng sinaunang *Grecia*. Ang kaniyang pilosopiya ay malaki ang naimpluwensiya sa naunang simbahan sa pamamagitan ng mga iskolar ng Alexandria, Ehipto at sa kalaunan, Augustine. Kaniyang isinambit na na ang lahat ng bagay sa mundo ay ilusyon at kopya lamang ng espiritwal na orihinal na modelo. Nang maglaon, tinukoy ng mga theolohikal na esperitwal na mundo ang mga anyo o ideya ni Plato.

**Presupposition (Pagpapalagay)**. Ito ay tumutukoy sa ating unang akalang pagkakaintindi sa mga bagay. Kadalasan tayong nakakabuo ng mga opinyon o palagay ukol sa mga isyu bago natin lapitan ang mga iskriptura. Ang predisposition na ito ay kilala rin bilang bias, isang kalagayang mahalaga, palagay o bago ang pag-unawa.

**Proof-texting (Patunay na Talata o Pagpapatunay na Talata)**. Ito ay ang pagsasanay ng pagsasalin ng isang iskriptura sa pamamagitan ng pag-uulit ng isang berso na walang pagkilala sa kanyang pangunahin o mas malaking konteksto sa kaniyang literary unit. Tinatanggal nito ang mga berso mula sa kahulugan ng orihinal na may-akda at karaniwang may kasamang pagsubok na patunayan ang isang personal na opinyon habang idinedeklara ang kapagngyarihang biblikal.

**Rabbinical Judaism (Rabinikal na Judaismo)**. Ang parte ng buhay ng mga Hudyo ay nagsimula sa *Babylonian Exile* (586-538 BC). Sa pagtanggal ng impluwensiya ng mga Pari at sa Templo, ang pokus ng buhay Hudyo ay ang mga lokal na sinagoga. Ang mga lokal na sentro ng kulturang Hudyo, fellowship, pagsamba at pag-aaral ng Bibliya ang naging pokus ng nasyonal na buhay relihiyon. Noong panahon ni Hesus, ang relihiyon ng mga Eskriba ay kapareho ng mga pari. Sa paghulog ng Herusalem noong 70 AD, ang anyong eskribal ay pinangunahan ng mga Pariseo; ang nagtimpi sa direksyon ng buhay relihiyon ng mga Hudyo. Ito ay nakilala sa pamamagitan ng isang praktikal at legolistikong pagsalin ng Torah ayon sa pagsalaysay sa oral na tradisyon (Talmud).

**Revelation (Pahayag o Kapahayagan)**. Ito ay ang pangalang bigay sa konsepto na nagsalita ang Diyos sa sangkatauhan. Ang kabuuang konsepto ay karaniwang nasasabi sa tatlong salita: (1) kapahayagan – ang Diyos ay kumilos sa kasaysayan ng tao; (2) inspirasyon – naibigay Niya sa piling mga tao ang tamang interpretasyon at kahulugan ng Kaniyang mga gawa upang maitala para sa sangkatauhan; at (3) iluminasyon – ibinigay Niya ang Kaniyang Espiritu para tulungan ang sangkatauhan na maintindihan ang Kaniyang pagsabi ng wika ng deskripsiyon.

**Semantic Field (Simantikong Larangan)**. Ito ay tumutukoy sa kabuuang hanay ng mga kahulugang may kinlaman sa isang salita. Ito ay ang iba't ibang kahulugan ng isang salita sa iba't ibang konteksto.

**Septuagint (Septuagint)**. Ito ang pangalang bigay sa Griyegong pagsalin ng Hebreong Lumang Tipan. Ayon sa tradisyon, ito ay nasulat sa loob ng pitumpung araw ng pitumpung iskolar na Hudyo para sa mga aklatan ng Alexandria, Ehipto. ang tradisyonal na petsa ay bandang 250 BC (sa totoo ay maaaring mahigit sa daang taon para makumpleto). Ang pagsalin ay makahulugan dahil (1) binibigyan tayo nito ng lumang teksto na maaaring ihambing sa tekstong *Masoteric Hebrew*; (2) ipinapakita nito ang anyong Hudyong pagsalin sa ikatlo at pangalawang siglo BC; at (3) binibigyan tayo nito ng pagintinding *Jewish Messianic* bago ang muling-pagkabuhay ni Hesus. Ang *abbreviation* nito ay LXX.

**Sinaiticus (Sinaitiko)**. Ito ay isang Griyegong kasulatan noong ika-apat na siglo AD. Ito ay itinatag ng Alemang iskolar na si Tischendorf sa monasteryo ng St. Catherine sa Jebel Musa, ang tradisyonal na lugar ng Mateo Sinai. Ang manuskriptong ito ay tinawag sa pamamagitan ng unang letra ng alpabetong Hebreo na *aleph* (W). Kasama nito ang parehong Luma at Bagong mga Tipan. Ito ay isa sa mga pinakalumang MSS.

**Spiritualism (Espirituwalismo)**. Ang salitang ito ay katulad ng *allegorizing* sa kaunawaang tinatanggal nito ang historical at literal na konteksto ng isang sipi at sinasalin ito sa pamamagitan ng ibang *criteria*.

**Synonymous (Magkasingkahulugan)**. Ito ay tumutukoy sa mga salitang may eksakto o magkalapit na mga kahulugan (pero sa totoo ay walang dalawang salita ang may kumpletong semantic overlap). Sila ay napaka-magkalapit ang Kaugnayan na maaari silang humalilin sa isa't isa na hindi nawawala ang kahulugan. Ginagamit rin ito para kilalanin ang isa sa tatlong *Hebrew poetic parallelism*. Sa ganitong pananaw, ito ay tumutukoy sa dalawang linya ng tula na nagsasabi ng parehong katotohanan (cf. Awit 103:3).

**Syntax (Palaugnayan)**. Ito ay isang Griyegong salita na tumutukoy sa istraktura ng isang pangungusap. Ito ay tumtukoy sa mga paraan para makabuo ng isang pangungusap upang makagawa ng isang buong kaisipan.

**Synthetical (Sintetiko)**. Ito ay isa sa tatlong salita na tumutukoy sa mga uri ng tulang Hebreo. Ang salitang ito ay tumutukoy sa mga linya ng tula na binubuo ang isa't isa sa paraang pataas ang pag-unlad; minsan tinatawag ring *climactic* (cf. Awit 19:7-9).

**Systematic Theology (Sistematikong Teolohiya)**. Ito ay isang bahagi ng pagsalin ng sinusubukang isalaysay ang mga katotohanan ng Bibliya sa isang buo at rasyonal na pamamaraan. Ito ay isang lohikal, hindi lang historikal na presentasyon ng Kristiyanong theolohiya sa pamamagitan ng mga kategorya (Diyos, tao, kasalanan, kaligtasan, atbp.).

**Talmud (Talmud)**. Ito ang pamagat ng kodipikasyon ng *Jewish Oral Tradition*. Naniniwala ang mga Hudyo na ito ay sinabi ng Diyos kay Moses sa bundok ng Sinai. Sa totoo, lumalabas na ito ay pangkalahatang dunong ng mga gurong Hudyo sa paglipas ng mga taon. Mayroong dalawang magkaibang salin ng Talmud: ang *Babylonian* at ang mas maikli at hindi natapos na *Palestinian*.

**Textual Cristicism (Tekstuwal na Kritisismo)**. Ito ay ang pag-aaral ng mga kasulatan ng Bibliya. Ang testwal na kritisismo ay kailangan dahil wala nang mga nanatiling orihinal at ang mga kopya ay nagkakaiba sa isa't isa. Sinusubok nitong isalaysay ang mga pagkakaiba at dumating (sa pinakamalapit at posibleng) sa orihinal na pagsasalita ng utographs ng Luma at Bagong mga Tipan. Madalas itong tawagang mababang kritisismo.

**Textus Receptus (Textus Receptus)**. Ang titulong ito ay umunlad sa limbag ni Elzevir ng Griyegong Bagong Tipan noong 1633 AD. Ito ay isang uri ng Griyegong Bagong Tipan na ginawa mula sa ilang nahuling manuskriptong Griyego at mga salin sa Latin ni Erasmus (1510-1535), Stephanus (1546-1559) at Elzevir (1624-1678). Sa isang panimula sa Textual criticism ng Bagong Tipan (p.27), sabi ni A.T. Robertson na "*the Byzantine talata is practically the Textus Receptus*." Ang tekstong Byzantine ang pinaka hindi mahalaga sa tatlong pamilya ng mga naunang Griyegong kasulatan (*Western, Alexandrian, Byzantine*). Nilalaman nito ang kabuuang mga pagkakamali ng pitong siglong tekstong kinopya sa pamamagitan ng kamay. Subalit sinabi rin ni A.T. Robertson na "ang *Textus Receptus ay itinago para sa atin na tekstong wasto ang nilalaman* (p.21). Ang Griyegong tradisyon na ito (lalo na ang pangatlong limbag ni Erasmus) ang bumubuo sa batayan ng *King James version* noong 1611 AD.

**Torah (Tora)**. Ito ang Hebreong salita para sa pagtuturo. Ito ay naging opisyal na titulo para sa mga kasulatan ni Moses (mula *Genesis* hanggang *Deuteronomy*). Para sa mga Hudyo, ito ang pinakamapangyarihang bahagi ng *Hebrew canon*.

**Typological (Tipolohiko)**. Ito ay isang Natatanging uri ng interpretasyon. Karaniwang kasama nito ang katotohanang Bagong Tipan na matatagpuan sa mga sipi ng Lumang Tipan sa pamamagitan ng mga simbolong *analogical*. Ang uri ng *hermeneutics* na ito ay naging pangunahing elemento ng pamamaraang *Alexandrian*. Dahil sa pag-abuso sa ganitong uri ng interpretasiyon, kailangang limitahan ang paggamit ng mga tiyak na halimbawang nakatala sa Bagong Tipan.

**Vaticanus (Vaticano)**. It ay ang Griyegong kasulatan ng ika-apat na siglo AD. Ito'y natagpuan sa aklatan ng *Vatican*. Noong una, kasama rito ang lahat ng Lumang Tipan, *Apocrypha*, at Bagong Tipan. Subalit, ilang bahagi ay nawala (Genesis, Awit, Hebreo, mga Sulat Pastoral, Filemon at Pahayag). Isa itong nakatulong na kasulatan sa pagkilala ng orihinal na pagsasalita ng mga *autographs*. Ito ay may titulong malaking titik *B*.

**Vulgate (Vulgata)**. Ito ay ang pangalan ng pagsalin sa Latin ng Bibliya ni *Jerome*. Ito ang naging batayan o karaniwang pagsalin para sa Iglesiyang Romano Katoliko. Ito ay ginawa noong 380's AD.

**Wisdom Literature (Panitikang Pangkarunungan)**. Ito ay isang uri ng panitikang naging karaniwan sa lumang silangan (at modernong mundo). Isa siyang pagsubok na makapagturo sa bagong henerasyion ng mga tuntunan para sa matagaumpay na pamumuhay sa pamamagitan ng tula, salawikain at sanaysay. Ito ay mas ipinarating sa indibiduwal kaysa sa lipunan. Hindi ito gumamit ng mga paghihiwatig sa kasaysayan kundi ito'y ibinase sa mga karanasan sa buhay at pagmamatyag. Sa Bibliya, ang Job at Awit ni Solomon ay ipinalagay na ang pagkakaroon at pagsamba sa YHWH ngunit ang pangrelihiyong pananaw sa mundong ito ay hindi tiyak sa bawat karanasan ng tao sa lahat ng oras. Bilang *genre*, nagsabi ito ng mga karaniwang katotohanan. Subalit ang *genre* na ito ay hindi magagamit sa bawat tiyak na pangyayari. Ito ay karaniwang mga

sabi na hindi laging nangyayari sa bawat indibiduwal na pangyayari. Ang mga paham na ito ay lakas-loob na nagtanong ng mga mahihirap na tanong ng buhay. Karaniwan nilang hinamon ang mga tradisiyonal na mga relihiyosong pananaw (Job at Ecclesiastes). Bumubuo sila ng pagtitimbang at pag-iigting para sa mga madadaling sagot ukol sa mga sakuna ng buhay.

**World picture and worldview (Larawang Pangsanglibutan at Pananaw ng Sanglibutan)**. Ito ay mga magkasamang salita. Pareho silang mga konseptong pilosopikal at tumutukoy sa paglikha. Ang salitang larawang pangsanlibutan ay tumutukoy sa "paano" ng paglikha habang ang pananaw ng sanglibutan ay tumutukoy sa "Sino." Ang mga salitang ito ay tumutukoy sa interpretasiyon na ang Genesis 1-2 ay tumatalakay sa Sino, hindi paano, ng paglikha.

**YHWH (YHWH)**. Ito ay ang pangalang kasunduan para sa Diyos sa Lumang Tipan. Ito ay ipinaliwanag sa Exodo 3:14. Ito ay ang anyong CAUSATIVE ng Hebreong salitang "ako." Takot ang mga Hudyong banggitin ang pangalan nab aka magamit nila ito sa kasalanan. Kaya hinalinlin nila ang salitang Hebreo Adonai na "Panginoon." Ganito isinalin sa Ingles ang pangalang pangkasunduan.

# DAGDAG NA DAHON APAT

## PANGDOKTRINANG PAMAMAHAYAG

Ako ay walang tinitingnan partikular na mga paghahayag ng pananampalataya o mga doktrina. Mas pipiliin kong manindigan sa Bibliya mismo. Gayunman, naisip ko na ang paghahayag ng pamamampalataya ay makakatulong na mahusgahan ang aking mga pananaw pangdoktrina mula sa mga hindi nakakakilala sa akin. Sa ating panahon na napakaraming mga teolohikong kamalian at panlilinlang, ang sumusunod na maikling buod ng aking teolohiya ay ipinagkakaloob.

1. Ang Bibliya, kapwa ang Luma at Bagong Tipan, ay ang kinasihan, walang pagkakamali, makapangyarihan, walang hanggang Salita ng Diyos. Ito ang sariling kapahayagan ng Diyos na tinala ng tao sa ilalim ng makapangyarihang pangunguna. Ito ang nag-iisang pinagmumulan ng maliwanag na katotohanan patungkol sa Diyos at sa Kanyang mga layunin. Ito rin ang nag-iisang pinagmumulan ng pananampalataya at pagsasagawa para sa Kaniyang iglesiya.

2. May nag-iisang walang hanggang, manlilikha, manunubos na Diyos. Siya ang manlilikha ng lahat ng mga bagay, nakikita at di-nakikita. Inihayag Niya ang Kanyang sarili bilang umiibig at mapagkalinga bagaman Siya rin ay makatarungan at makatuwiran. Inihayag Niya ang Kanyang sarili sa tatlong natatanging persona: Ama, Anak at Espiritu; tunay na magkakaiba ngunit iisa ang diwa (esensya).

3. Ang Diyos na umiiral ay ang mapangyarihan sa Kanyang sanlibutan. Mayroong kapwa isang pang-walang hanggang panukala para sa Kaniyang nilika na hindi mababago at isang pansariling pagtuon na nagpapahintulot ng malayang pagpili ng sangkatauhan. Walang nagaganap na walang pagkakaalam at pahintulot ng Diyos, ngunit pinapayagan ang mga pansariling pagpili sa kapwa mga anghel at sangkatauhan. Si Hesus ang Piniling Tao ng Ama at lahat ay maaaring pilliin sa Kanya. Ang kaalaman ng Diyos sa pasimula palang ng mga pangyayari ay hindi ibinababa ang tao sa isang itinakda nang magaganap. Lahat tayo ay may pananagutan para sa ating mga iniisip at ginagawa.

4. Ang sangkatauhan, bagaman linikha sa larawan ni Diyos at malaya mula sa kasalanan, ay piniling maghimagsik laban sa Diyos. Kahit na tinukso ng isang makapangyarihang kinatawan, sina Adan at Eba ay may pananagutan para sa kanilang sinasadyang pagiging makasarili. Ang kanilang paghihimagsik ay nakaapekto sa sangkatauhan at linikha. Kailangan nating lahat ang awa at biyaya ng Diyos na kapwa para sa ating panglahat na kalagayan kay Adan at sa ating pansariling kakayahang maghimagsik

5. Ang Diyos ay nagkaloob ng paraan ng kapatawaran at panunumbalik para sa nalugmok na sangkatauhan. Si Hesukristo, ang natatanging Anak ng Diyos, naging isang tao, namuhay ng isang walang kasalanang pamumuhay, at sa pamamagitan ng kanyang paghahaliling kamatayan, ay binayaran ang kabayaran ng kasalanan ng sanglibutan. Siya ang tanging daan sa panunumbalik at pakikipag-ugnayan sa Diyos. Walang nang iba pang paraan ng kaligtasan maliban sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniyang natapos na gawa.

6. Ang bawat isa sa atin ay kailangang personal na tanggapin ang kaloob na kapatawaran at panunumbalik ng Diyos kay Hesus. Ito ay maisasakatuparan sa pamamagitan ng kusang pagtitiwala sa mga pangako ng Diyos sa pamamagitan ni Hesus at ang isang pinagpasiyang pagtalikod mula sa hayag na kasalanan.

7. Tayong lahat ay lubusang pinatawad at pinanumbalik batay sa ating pagtitiwala kay Kristo at sa pagsisisi sa kasalanan. Gayunman, ang katibayan para sa bagong pakikipag-ugnayang ito ay makikita sa isang nagbago at nagbabagong buhay. Ang layunin ng Diyos para sa sangkatauhan ay hindi lang ang kalangitan sa darating na panahon ngunit sa pagiging katulad ni Kristo ngayon. Silang tunay na tinubos, bagaman nagkakasala paminsan-minsan, ay magpapatuloy sa pananampalataya at pagsisisi hanggang sa katapusan ng kanilang mga buhay.

8. Ang Banal na Espiritu ay “isa pang Hesus." Siya ay nandito sa sanglibutan upang akayin kay Kristo ang mga napahamak, at linangin sa pagiging katulad kay Kristo ang mga naligtas. Ang mga Kaloob ng Espiritu ay ibinigay noong

kaligtasan. Sila ay ang buhay at gawain ni Hesus na ibinagi sa Kanyang katawan, ang Iglesiya. Ang mga kaloob na sa panimula ay mga ugali at mga layunin ni Hesus ay kailangang maudyokan ng bunga ng Espiritu. Ang Espiritu ay umiiral sa ating panahon tulad ng sa Kanya noong mga Biblikal na panahon.

9. Ang Ama ay ginagawa ang muling nabuhay na si Hesuskristo bilang Hukom ng lahat ng mga bagay. Siya ay babalik sa mundo upang hatulan ang sangkatauhan. Silang mga nagtiwala kay Hesus at silang ang pangalan ay nakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero ay makatatanggap ng kanilang mga walang hanggan, maluwalhating katawan sa Kanyang pagbabalik. Sila ay makakasama Niya magpakailanpaman. Gayunman, silang tumanggi na tumugon sa katotohanan ng Diyos ay mahihiwalay na pangwalang-hanggan mula sa mga kaligayahan ng pakikipag-ugnayan sa Trinidad na Diyos. Sila ay paparusahan na kasama ng Diyablo and kanyang mga anghel.

Ito ay tiyak na hindi lubos o puspusan ngunit aking inaasahan na ito ay makapagkakaloob sa iyo ng teolohikong linamnam ng aking puso. Gusto ko ang pahayag na:

"Sa mga mahahalaga—pagkakaisa, Sa mga paligid—kalayaan, Sa lahat ng mga bagay—pag-ibig."